



ANG SALITA
AY NAGPAPAKITA SA KATAWANG-TAO

VOLUME II



UKOL SA PAGKAKILALA
SA DIYOS



ANG IGLESIA NG
MAKAPANGYARIHANG DIYOS

Karapatang-sipi © 2023 ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos
(The Church of Almighty God)

ANG SALITA
AY NAGPAPAKITA SA KATAWANG-TAO
VOLUME II
UKOL SA PAGKAKILALA
SA DIYOS

Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao (pinaikli bilang Ang Salita), na ipinahayag ni Cristo ng mga Huling Araw, ang Makapangyarihang Diyos, ay kasalukuyang binubuo ng anim na volume: Ang Unang Volume, Ang Pagpapakita at Gawain ng Diyos; ang Ikalawang Volume, Ukol sa Pagkakilala sa Diyos; ang Ikatlong Volume, Ang mga Diskurso ni Cristo ng mga Huling Araw; ang Ikaapat na Volume, Paglalantad sa mga Anticristo; ang Ikalimang Volume, Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa; at ang Ikaanim na Volume, Ukol sa Paghahangad sa Katotohanan.

Lahat ng karapatan ay nakalaan. Walang bahagi ng lathalaing ito ang maaaring gawan ng kopya o ipamigay sa anumang anyo o sa anumang paraan, elektroniko man o mekanikal, kabilang na ang pagpapa-photocopy, pagre-record, o anumang sistema ng pag-iimbak o muling pagkuha ng impormasyon, nang walang nakasulat na pahintulot ng may-ari ng karapatang-sipi.

Dapat ipadala ang mga kahilingan para sa impormasyon sa:
contact.tl@kingdomsalvation.org

Ang nilalaman ng aklat na ito ay isinalin at iwinasto nang buo ng mga propesyonal na dalubwika. Gayunpaman, maaaring mayroon pa ring kaunting kamalian. Kung may hinala kayong gayong kamalian, mangyaring sumangguni sa orihinal na teksto sa wikang Chinese. Mangyaring huwag ding mag-atubiling kontakin kami, upang mai-update ang aklat kapag muli itong inilathala.

Inilathala ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos
<https://tl.godfootsteps.org>

Paunang Salita

Dapat suriing muli ng bawat isa sa inyo kung paano kayo naniwala sa Diyos sa buong buhay ninyo, para makita ninyo kung, sa proseso ng pagsunod sa Diyos, tunay ninyong naunawaan, tunay ninyong naintindihan, at tunay ninyong nakilala ang Diyos, kung tunay ninyong alam kung ano ang saloobin ng Diyos sa iba't ibang uri ng tao, at kung tunay ninyong nauunawaan ang gawaing ginagawa ng Diyos sa iyo at paano tinutukoy ng Diyos ang bawat kilos mo. Ang Diyos na ito, na nasa tabi mo, na gumagabay sa direksyon ng iyong pag-unlad, nagtatakda sa iyong tadhana, at tumutustos sa iyong mga pangangailangan—gaano mo nauunawaan ang Diyos na ito, matapos masabi at magawa ang lahat. Gaano talaga ang alam mo tungkol sa Diyos na ito? Alam mo ba kung anong gawain ang ginagawa Niya sa iyo sa bawat araw? Alam mo ba ang mga prinsipyo at layuning Kanyang pinagbabatayan sa bawat kilos Niya? Alam mo ba kung paano ka Niya ginagabayan? Alam mo ba ang paraan kung paano ka Niya tinututusan? Alam mo ba ang mga pamamaraan ng Kanyang pag-akay sa iyo? Alam mo ba kung ano ang nais Niyang matamo mula sa iyo at kung ano ang nais Niyang makamit sa iyo? Alam mo ba ang saloobin Niya sa iba't ibang asal mo? Alam mo ba kung isa kang taong minamahal Niya? Alam mo ba ang pinagmumulan ng Kanyang kagalakan, galit, kalungkutan, at tuwa, ang mga kaisipan at ideya sa likod ng mga iyon, at ang Kanyang diwa? Alam mo ba, sa huli, kung anong klaseng Diyos ang Diyos na ito na pinaniniwalaan mo? Ang mga ito ba at ang iba pang mga tanong na katulad nito ay isang bagay na hindi mo naunawaan o napag-isipan kailanman? Sa iyong patuloy na paniniwala sa Diyos, naiwaksi mo na ba, sa pamamagitan ng tunay na pagpapahalaga at pagdaranas sa mga salita ng Diyos, ang iyong mga maling pagkaunawa tungkol sa Kanya? Nagtamo ka na ba, matapos tumanggap ng pagdidisiplina at pagtutuwid ng Diyos, ng tunay na pagsunod at pagmamalasakit? Nalaman mo na ba, sa gitna ng pagkastigo at paghatol ng Diyos, ang pagkasuwail at ang satanikong kalikasan ng tao at nagkamit ng kaunting pagkaunawa tungkol sa kabanalan ng Diyos? Nagsimula ka na ba, sa ilalim ng patnubay at kaliwanagan ng mga salita ng Diyos, na magkaroon ng bagong pananaw tungkol sa buhay? Nadama mo na ba, sa gitna ng mga pagsubok na ipinadala ng Diyos, ang hindi Niya pagpapalampas sa mga pagkakasala ng tao gayundin sa Kanyang hinihiling sa iyo at kung paano ka Niya inililigtas? Kung hindi mo alam kung ano ang pakiramdam ng magkamali ng pagkaunawa sa Diyos, o kung paano iwaksi ang maling pagkaunawang ito, masasabi na hindi ka pa nakapasok sa tunay na pakikipagniig sa Diyos at hindi mo pa naunawaan ang Diyos kailanman, o kahit paano'y masasabi na hindi mo ninais kailanman na unawain Siya. Kung hindi mo alam kung ano ang pagdidisiplina at pagtutuwid ng Diyos, siguradong hindi mo alam kung ano ang pagsunod at pagmamalasakit, o kahit paano'y hindi ka pa sumunod o nagmalasakit talaga sa Diyos kailanman. Kung hindi mo pa naranasan kailanman ang pagkastigo at paghatol ng Diyos, siguradong hindi mo malalaman kung ano ang Kanyang kabanalan,

at lalong hindi mo malilinawan kung ano ang paghihimagsik ng tao. Kung hindi ka pa talaga nagkaroon kailanman ng tamang pananaw sa buhay, o ng tamang layunin sa buhay, kundi nalilito ka pa rin at hindi makapagdesisyon tungkol sa iyong magiging landas ng buhay sa hinaharap, maging hanggang sa puntong nag-aalangan kang sumulong, tiyak na hindi mo pa natanggap kailanman ang kaliwanagan at patnubay ng Diyos; masasabi rin na hindi ka pa tunay na natustusan o naragdagan ng mga salita ng Diyos kailanman. Kung hindi ka pa nakaranas ng mga pagsubok ng Diyos, malinaw na siguradong hindi mo malalaman ang hindi pagpapalampas ng Diyos sa mga pagkakasala ng tao, ni hindi mo mauunawaan kung ano ang huling hinihiling ng Diyos sa iyo, at lalo na kung ano, sa huli, ang Kanyang gawain ng pamamahala at pagliligtas sa tao. Ilang taon man naniwala ang isang tao sa Diyos, kung hindi pa nila naranasan o nahiwatigan kailanman ang anuman sa mga salita ng Diyos, tiyak na hindi nila tinatahak ang landas tungo sa kaligtasan, tiyak na ang pananampalataya nila sa Diyos ay walang tunay na laman, tiyak na wala rin silang kaalaman tungkol sa Diyos, at malinaw na wala silang ideya man lamang kung paano magpitagan sa Diyos.

Ang mga pag-aari at katauhan ng Diyos, ang diwa ng Diyos, ang disposisyon ng Diyos—lahat ay naipaalam sa Kanyang mga salita sa sangkatauhan. Kapag naranasan niya ang mga salita ng Diyos, habang ang tao ay nasa proseso ng pagsasagawa ng mga ito, mauunawaan nila ang layunin sa likod ng mga salitang sinasambit ng Diyos, at mauunawaan ang pinagmumulan at pinanggalingan ng mga salita ng Diyos, at mauunawaan at mapapahalagahan ang epektong layon ng mga salita ng Diyos. Para sa sangkatauhan, lahat ng ito ay mga bagay na kailangang maranasan, maintindihan, at matamo ng tao upang makamit ang katotohanan at buhay, maintindihan ang mga layon ng Diyos, mabago ang kanyang disposisyon, at magawang sundin ang kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos. Kasabay ng pagdanas, pag-intindi, at pagtatamo ng tao ng mga bagay na ito, unti-unti siyang magkakaroon ng pag-unawa sa Diyos, at sa panahong ito ay magtatamo rin siya ng iba't ibang antas ng kaalaman tungkol sa Kanya. Ang pagkaunawa at kaalamang ito ay hindi nanggagaling sa isang bagay na nawari o nabuo ng tao, kundi sa halip ay mula sa pinahalagahan, nararanasan, nadarama, at napagtitibay niya sa kanyang kalooban. Matapos mapahalagahan, maranasan, madama, at mapagtibay ang mga bagay na ito, saka lamang nagkakaroon ng laman ang kaalaman ng tao tungkol sa Diyos; tanging ang kaalamang natatamo ng tao sa panahong ito ang tunay, totoo, at tumpak, at ang prosesong ito—ng pagkamit ng tunay na pagkaunawa at kaalaman tungkol sa Diyos sa pamamagitan ng pagpapahalaga, pagdanas, pagdama, at pagpapatibay sa Kanyang mga salita—ay walang iba kundi ang tunay na pagniniig sa pagitan ng tao at ng Diyos. Sa gitna ng ganitong klaseng pagniig, tunay na nauunawaan at naiintindihan ng tao ang mga layon ng Diyos, tunay na nauunawaan at nalalaman ang mga pag-aari at katauhan ng Diyos, tunay na nauunawaan at nalalaman ang diwa ng Diyos, unti-unting nauunawaan at nalalaman ang disposisyon ng Diyos, nararating ang tunay na katiyakan, at tamang pakahulugan, sa katunayan ng

kapamahalaan ng Diyos sa lahat ng nilikha, at nagkakamit ng tunay na kaugnayan at kaalaman tungkol sa identidad at posisyon ng Diyos. Sa gitna ng ganitong klaseng pagniniig, unti-unting binabago ng tao ang kanyang mga ideya tungkol sa Diyos, na hindi na iniisip na Siya ay nagmula sa kawalan, o pinalalakas ang sarili niyang mga hinala tungkol sa Kanya, o nagkakamali sa pag-unawa sa Kanya, o isinusumpa Siya, o hinuhusgahan Siya, o pinagdududahan Siya. Sa gayon, mababawasan ang mga pakikipagtalo ng tao sa Diyos, at mababawasan ang pakikipaghidwaan niya sa Diyos, at mababawasan ang mga pagkakataon na naghihimagsik ang tao laban sa Diyos. Bagkus, madaragdagan ang pagmamalasakit at pagsunod ng tao sa Diyos, at magiging mas tunay at malalim ang pagpipitagan niya sa Diyos. Sa gitna ng gayong pagniniig, hindi lamang makakamit ng tao ang pagtustos ng katotohanan at ang pagbabago ng buhay, kundi kasabay nito ay magkakamit din siya ng tunay na kaalaman tungkol sa Diyos. Sa gitna ng gayong pagniniig, hindi lamang mababago ng tao ang kanyang disposisyon at matatanggap ang kaligtasan, kundi kasabay nito ay magkakaroon din siya ng tunay na pagpipitagan at pagsamba ng isang nilikha sa Diyos. Sa pagkakaroon ng ganitong klaseng pagniniig, ang pananampalataya ng tao sa Diyos ay hindi na magiging isang blangkong piraso ng papel, o isang pangako sa salita lamang, o isang anyo ng bulag na paghahangad at pag-idolo; sa ganitong klaseng pagniniig lamang lalago ang buhay ng tao tungo sa pagyabong araw-araw, at ngayon lamang unti-unting mababago ang kanyang disposisyon, at ang kanyang pananampalataya sa Diyos, mula sa pagiging malabo at walang-katiyakang paniniwala, ay unti-unting magiging tunay na pagpipitagan, at ang tao, sa proseso ng pagsunod sa Diyos, ay unti-unti ring susulong mula sa pagiging walang-kibo tungo sa pagiging aktibo, mula sa pagiging negatibo tungo sa pagiging positibo; sa ganitong klaseng pagniniig lamang makakarating ang tao sa tunay na pagkaunawa at pagkaintindi sa Diyos, sa tunay na kaalaman tungkol sa Diyos. Dahil karamihan sa mga tao ay hindi pa nakapasok kailanman sa tunay na pakikipagniig sa Diyos, ang kanilang kaalaman tungkol sa Diyos ay hanggang sa teorya lamang, hanggang sa mga titik at doktrina. Ibig sabihin, karamihan sa mga tao, ilang taon man sila naniwala sa Diyos, pagdating sa pagkilala sa Diyos ay hindi pa rin sumusulong mula sa kanilang pinagsimulan, natigil sa pundasyon ng tradisyunal na mga uri ng pagsamba, sa kanilang mga makalumang pamahin at mga bahid ng romansa. Na ang kaalaman ng tao tungkol sa Diyos ay dapat itigil sa simula pa lamang ay nangangahulugan na talagang hindi ito umiiral. Maliban sa pagpapatibay ng tao sa posisyon at identidad ng Diyos, hindi pa rin maipahayag nang husto ang pananampalataya ng tao sa Diyos. Dahil dito, gaanong tunay na pagpipitagan ang kayang panatilihin ng tao para sa Diyos?

Gaano man katatag ang paniniwala mo sa pag-iral ng Diyos, hindi nito mapapalitan ang iyong kaalaman tungkol sa Diyos, maging ang paggalang mo sa Diyos. Gaano mo man natamasa ang Kanyang mga pagpapala at Kanyang biyaya, hindi nito mapapalitan ang iyong kaalaman tungkol sa Diyos. Gaano ka man kahandang italaga ang lahat-lahat mo at gugulin ang lahat-lahat mo para sa Kanyang kapakanan, hindi nito

mapapalitan ang iyong kaalaman tungkol sa Diyos. Marahil ay lubha kang naging pamilyar sa mga salitang nasambit Niya, o kabisado mo pa nga ang mga ito at mabibigkas mo nang pabaligtad, ngunit hindi nito mapapalitan ang iyong kaalaman tungkol sa Diyos. Gaano man kaseryoso ang tao sa pagsunod sa Diyos, kung hindi pa siya nagkaroon kailanman ng tunay na pakikipagniig sa Diyos o nagkaroon ng tunay na karanasan sa mga salita ng Diyos, ang kaalaman niya tungkol sa Diyos ay walang laman, o isang walang-katapusang pangangarap; sa lahat ng iyan maaaring nakabunggo mo na ang Diyos nang bahagya, o nakaharap Siya, wala ka pa ring kaalaman tungkol sa Diyos, at ang iyong pagpipitagan sa Diyos ay puro hungkag na salitang walang laman o isang ulirang konsepto.

Maraming tao ang sumusuporta sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos araw-araw, hanggang sa puntong maingat nilang isinasaulo ang lahat ng klasikong sipi roon bilang kanilang pinakaiingatang pag-aari, at bukod pa ryan ay ipinangangaral nila ang mga salita ng Diyos kahit saan, tinutustusan at tinutulungan ang iba sa mga salita ng Diyos. Iniisip nila na ang paggawa nito ay pagpapatotoo sa Diyos, pagpapatotoo sa Kanyang mga salita, na ang paggawa nito ay pagsunod sa daan ng Diyos; iniisip nila na ang paggawa nito ay pamumuhay ayon sa mga salita ng Diyos, na ang paggawa nito ay pagdadala ng Kanyang mga salita sa kanilang tunay na pamumuhay, na ang paggawa nito ay magbibigay-daan para purihin sila ng Diyos, at maligtas at magawang perpekto. Ngunit, kahit ipinangangaral nila ang mga salita ng Diyos, hindi nila kailanman sinusunod ang mga salita ng Diyos sa kanilang pagsasagawa, o sinusubukang ihambing ang kanilang sarili sa inihahayag sa mga salita ng Diyos. Sa halip, ginagamit nila ang mga salita ng Diyos para matamo ang paghanga at tiwala ng iba sa pamamagitan ng pandaraya, para pasuking mag-isa ang pamamahala, at lustayin at nakawin ang kaluwalhatian ng Diyos. Umaasa sila, nang walang saysay, na samantalain ang pagkakataong ibinibigay sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng mga salita ng Diyos para magantimpalaan ng paggawa ng Diyos at ng Kanyang papuri. Ilang taon na ang lumipas, ngunit hindi lamang walang kakayahang maani ng mga taong ito ang papuri ng Diyos sa proseso ng pangangaral ng mga salita ng Diyos, at hindi lamang sila walang kakayahang tuklasin ang daan na dapat nilang sundan sa proseso ng pagpapatotoo sa mga salita ng Diyos, at hindi lamang nila hindi tinulungan o tinustusan ang kanilang sarili sa proseso ng pagtulong at pagtustos sa iba sa mga salita ng Diyos, at hindi lamang sila walang kakayahang kilalanin ang Diyos, o pukawin ang kanilang sarili sa tunay na pagpipitagan sa Diyos, sa proseso ng paggawa ng lahat ng bagay na ito; kundi, bagkus, lalong lumalalim ang kanilang mga maling pagkaunawa tungkol sa Diyos, lalo pang lumalala ang kawalan nila ng tiwala sa Kanya, at lalong lumalabis ang kanilang mga imahinasyon tungkol sa Kanya. Dahil tinutustusan at ginagabayan ng kanilang mga teorya tungkol sa mga salita ng Diyos, mukha silang masiglang-masigla, na para bang ginagamit nila ang kanilang angking mga galing nang walang kahirap-hirap, na para bang natagpuan na nila ang kanilang layunin sa buhay, kanilang misyon, at para

bang nagkaroon na sila ng bagong buhay at naligtas, na para bang, sa mga salita ng Diyos na malutong na binibigkas ng kanilang dila, natamo na nila ang katotohanan, naintindihan ang mga layon ng Diyos, at natuklasan ang landas tungo sa pagkilala sa Diyos, na para bang, sa proseso ng pangangaral ng mga salita ng Diyos, madalas nilang makaharap ang Diyos. Gayundin, madalas silang “nauudyukan” na manaka-nakang umiyak, at, madalas na inaakay ng “Diyos” sa mga salita ng Diyos, mukha silang walang-tigil sa pag-intindi sa Kanyang maalab na pagmamalasakit at mabuting layon, at kasabay noon ay naintindihan nila ang pagliligtas ng Diyos sa tao at ang Kanyang pamamahala, nalaman ang Kanyang diwa, at naunawaan ang Kanyang matuwid na disposisyon. Batay sa pundasyong ito, tila lalo pang tumibay ang kanilang paniniwala na mayroong Diyos, mas napapansin nila ang Kanyang dakilang kalagayan, at nadarama nang mas matindi ang Kanyang karingalan at kadakilaan. Babad sa mababaw na kaalaman tungkol sa mga salita ng Diyos, magmumukhang lumago na ang kanilang pananampalataya, lumakas ang determinasyon nilang magtiis ng pagdurusa, at lumalim ang kaalaman nila tungkol sa Diyos. Hindi nila alam na, hangga’t hindi nila nararanasan talaga ang mga salita ng Diyos, lahat ng kaalaman nila tungkol sa Diyos at ang kanilang mga ideya tungkol sa Kanya ay nanggagaling sa sarili nilang mga minimithing imahinasyon at haka-haka. Hindi tatagal ang kanilang pananampalataya sa ilalim ng anumang klaseng pagsubok ng Diyos, ang kanilang tinatawag na espirituwalidad at tayog ay hindi talaga tatagal sa ilalim ng pagsubok o pagsusuri ng Diyos, ang kanilang matibay na pasiya ay isang kastilyong buhangin lamang, at ang tinatawag nilang kaalaman tungkol sa Diyos ay kathang-isip lamang nila. Sa katunayan, ang mga taong ito na nagsisikap nang husto, kahit paano, sa mga salita ng Diyos, ay hindi pa natanto kailanman kung ano ang tunay na pananampalataya, ano ang tunay na pagsunod, ano ang tunay na pagmamalasakit, o ano ang tunay na kaalaman tungkol sa Diyos. Kinukuha nila ang teorya, imahinasyon, kaalaman, kaloob, tradisyon, pamahiin, at maging ang mga kagandahang-asal ng sangkatauhan, at ginagawang “puhunan” at “mga sandata” ang mga ito sa paniniwala sa Diyos at pagsunod sa Kanya, ginagawa pa ngang pundasyon ang mga ito ng kanilang paniniwala sa Diyos at pagsunod sa Kanya. Kasabay nito, kinukuha rin nila ang puhunan at mga sandatang ito at ginagawang mga anting-anting para kilalanin ang Diyos, harapin at pakitunguhan ang mga pagsusuri, pagsubok, pagkastigo, at paghatol ng Diyos. Sa huli, ang natamo pa rin nila ay walang iba kundi mga palagay tungkol sa Diyos na puno ng relihiyosong pakahulugan, makalumang pamahiin, at lahat ng romantiko, katawa-tawa, at misteryoso. Ang kanilang paraan ng pagkilala at paglalarawan sa Diyos ay katulad ng sa mga taong naniniwala lamang sa Langit sa Itaas o sa Matandang Tao sa Langit, samantalang ang pagiging totoo ng Diyos, ang Kanyang diwa, Kanyang disposisyon, Kanyang mga pag-aari at katauhan, at iba pa—lahat ng may kaugnayan sa totoong Diyos Mismo—ay mga bagay na hindi naintindihan ng kanilang kaalaman, na lubhang hiwalay sa kanilang kaalaman, at magkasinglayo pa na tulad ng hilaga at timog. Sa ganitong paraan, bagama’t ang mga

taong ito ay nasa ilalim ng panustos at pangangalaga ng mga salita ng Diyos, sila magkagayunman ay hindi tunay na nakatahak sa landas ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan. Ang totoong dahilan nito ay na hindi talaga nila nakilala ang Diyos kailanman, ni hindi sila nagkaroon ng tunay na pakikipag-ugnayan o pakikipagniig sa Kanya kailanman, kaya nga imposible silang magkaunawaan ng Diyos, o mapukaw sa kanila ang tunay na paniniwala, pagsunod, o pagsamba sa Diyos. Na dapat nilang isaalang-alang ang mga salita ng Diyos nang gayon, na dapat nilang isaalang-alang ang Diyos nang gayon—ang pananaw at saloobing ito ang naging dahilan kaya bumalik sila na walang napala sa kanilang mga pagsisikap, kaya hindi nila nagawa kailanman na tumahak sa landas ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan sa buong kawalang-hanggan. Ang layuning kanilang inaasam, at ang direksyong kanilang tinutungo, ay nagpapahiwatig na sila ay mga kaaway ng Diyos hanggang sa kawalang-hanggan, at na hindi sila kailanman tatanggap ng kaligtasan hanggang sa kawalang-hanggan.

Kung, sa sitwasyon ng isang taong nakasunod sa Diyos nang maraming taon at natamasa ang panustos ng Kanyang mga salita nang maraming taon, ang paglalarawan nila sa Diyos ay totoong magiging katulad ng sa isang taong nagpapatirapa sa pagsamba sa mga idolo, pahiwatig ito na hindi pa natamo ng taong ito ang realidad ng mga salita ng Diyos. Ito ay dahil talagang hindi pa sila nakapasok sa realidad ng mga salita ng Diyos, at dahil dito, ang realidad, ang katotohanan, ang mga layon, at mga hinihiling sa sangkatauhan, na nakapaloob lahat sa mga salita ng Diyos, ay walang anumang kinalaman sa taong iyon. Ibig sabihin, gaano man magsumikap ang taong iyon sa mababaw na kahulugan ng mga salita ng Diyos, lahat ay walang saysay: Dahil mga salita lamang ang kanilang pinagsusumikapan, kaya talagang ang matatamo nila ay mga salita lamang. Simple man o malalim sa tingin ang mga salitang sinasambit ng Diyos, lahat ng iyon ay mga katotohanang kailangang-kailangan ng tao habang pumapasok siya sa buhay; ang mga iyon ang pinagmumulan ng tubig na buhay na nagbibigay sa tao ng kakayahang mabuhay kapwa sa espiritu at laman. Ipinagkakaloob ng mga ito ang kailangan ng tao para manatiling buhay; ang mga prinsipyo at doktrina para pangasiwaan ang kanyang pang-araw-araw na buhay; ang landas na kailangan niyang tahakin para maligtas, pati na rin ang layunin at direksyon nito; bawat katotohanan na dapat niyang taglayin bilang isang nilikha sa harapan ng Diyos; at bawat katotohanan tungkol sa kung paano sumusunod ang tao at sumasamba sa Diyos. Ang mga iyon ang garantiya na tumitiyak ng pananatiling buhay ng tao, ang mga iyon ang pang-araw-araw na tinapay ng tao, at ang mga iyon din ang matibay na suportang nagbibigay-kakayahan sa tao na maging malakas at manindigan. Sagana ang mga iyon sa realidad ng katotohanan na ginagamit ng nilikhang sangkatauhan para isabuhay ang normal na pagkatao, sagana sa katotohanang nagpapalaya sa sangkatauhan mula sa katiwalian at iniwas sila sa mga patibong ni Satanas, sagana sa walang-pagod na pagtuturo, pangaral, paghihikayat, at pag-aliw na ibinibigay ng Lumikha sa nilikhang sangkatauhan.

Ang mga iyon ang mga parolang gumagabay at nagbibigay liwanag sa mga tao para maunawaan ang lahat ng positibo, ang garantiya na tumitiyak na isasabuhay at tataglayin ng mga tao ang lahat ng matuwid at mabuti, ang pamantayan kung saan lahat ng tao, kaganapan, at bagay ay sinusukat, at pananda rin sa paglalakbay na nag-aakay sa mga tao tungo sa kaligtasan at sa landas ng liwanag. Sa praktikal na pagdanas lamang sa mga salita ng Diyos maaaring tustusan ng katotohanan at buhay ang tao; dito lamang maaaring maunawaan ng tao kung ano ang normal na pagkatao, ano ang isang makabuluhang buhay, ano ang isang tunay na nilalang, ano ang tunay na pagsunod sa Diyos; dito lamang maaaring maunawaan ng tao kung paano niya dapat pagmalasakitan ang Diyos, paano tuparin ang tungkulin ng isang nilalang, at paano magtaglay ng wangis ng isang tunay na tao; dito lamang maaaring maunawaan ng tao kung ano ang ibig sabihin ng tunay na pananampalataya at tunay na pagsamba; dito lamang maaaring maunawaan ng tao kung sino ang Hari ng kalangitan at lupa at lahat ng bagay; dito lamang maaaring maunawaan ng tao ang kaparaanang gamit Niya na siyang Panginoon ng lahat ng nilikha sa paghahari, pamumuno, at paglalaan para sa mga nilikha; at dito lamang maaaring maunawaan at maintindihan ng tao ang kaparaanang gamit Niya na Panginoon ng lahat ng nilikha sa pag-iral, pagpapakita, at paggawa. Hiwalay sa tunay na karanasan sa mga salita ng Diyos, walang tunay na kaalaman o kabatiran ang tao sa mga salita ng Diyos at sa katotohanan. Ang gayong tao ay talagang isang buhay na bangkay, isang lalagyang walang kalamang-laman, at lahat ng kaalamang may kaugnayan sa Lumikha ay walang anumang kinalaman sa kanya. Sa mga mata ng Diyos, ang gayong tao ay hindi naniwala sa Kanya kailanman, ni hindi sumunod sa Kanya kailanman, kaya nga hindi rin siya kinikilala ng Diyos bilang Kanyang mananampalataya o Kanyang tagasunod, lalong hindi bilang isang tunay na nilalang.

Ang isang tunay na nilalang ay kailangang malaman kung sino ang Lumikha, para saan nilikha ang tao, paano isagawa ang mga responsibilidad ng isang nilalang, at paano sambahin ang Panginoon ng lahat ng nilikha, kailangang maunawaan, maintindihan, malaman, at pagmalasakitan ang mga layon, naisin, at hinihiling ng Lumikha, at kailangang kumilos alinsunod sa daan ng Lumikha—ang magkaroon ng takot sa Diyos at umiwas sa kasamaan.

Ano ang magkaroon ng takot sa Diyos? At paano maiiwasan ng isang tao ang kasamaan?

Ang “magkaroon ng takot sa Diyos” ay hindi nangangahulugan ng di-maipaliwanag na sindak at takot, ni hindi ng paglayo, ni hindi ng pagpapalayo, ni hindi rin ito pag-iidolo o pamahiin. Sa halip, ito ay paghanga, paggalang, pagtitiwala, pag-unawa, pagmamalasakit, pagsunod, pagtatalaga, pagmamahal, at walang-kundisyon at walang-reklamong pagsamba, pagbabayad-utang, at pagpapasakop. Kung walang tunay na kaalaman tungkol sa Diyos, hindi magkakaroon ng tunay na paghanga, tunay na pagtitiwala, tunay na pag-unawa, tunay na pagmamalasakit o pagsunod ang sangkatauhan, kundi ng takot lamang at pagkabalisa, pagdududa, di-pagkakaunawaan, paglayo, at pag-iwas;

kung walang tunay na kaalaman tungkol sa Diyos, hindi tunay na makakapagtalaga at makakapagbayad-utang ang sangkatauhan; kung walang tunay na kaalaman tungkol sa Diyos, hindi magkakaroon ng tunay na pagsamba at pagpapasakop ang sangkatauhan, kundi ng bulag na pag-iidolo at pamahin lamang; kung walang tunay na kaalaman tungkol sa Diyos, hindi posibleng makakilos ang sangkatauhan alinsunod sa daan ng Diyos, o magkakaroon ng takot sa Diyos, o iiwas sa kasamaan. Bagkus, bawat aktibidad at pag-uugali ng tao ay mapupuno ng paghihimagsik at pagsuway, ng mapanirang mga pahiwatig at mapanirang-puring mga paghusga tungkol sa Kanya, at ng masamang asal na taliwas sa katotohanan at sa tunay na kahulugan ng mga salita ng Diyos.

Kapag nagkaroon na ng tunay na pagtitiwala sa Diyos ang sangkatauhan, magiging tunay na ang kanilang pagsunod sa Kanya at pag-asa sa Kanya; sa tunay na pagtitiwala at pag-asa sa Diyos lamang maaaring magkaroon ng tunay na pagkaunawa at pagkaintindi ang sangkatauhan; kasama ng tunay na pagkaintindi sa Diyos ang tunay na pagmamalasakit sa Kanya; sa tunay na pagmamalasakit lamang sa Diyos maaaring tunay na sumunod ang sangkatauhan; sa tunay na pagsunod lamang sa Diyos magkakaroon ng tunay na pagtatalaga ang sangkatauhan; sa tunay na pagtatalaga lamang sa Diyos maaaring magbayad-utang ang sangkatauhan nang walang kundisyon at walang reklamo; sa tunay na pagtitiwala at pag-asa, tunay na pag-unawa at pagmamalasakit, tunay na pagsunod, tunay na pagtatalaga at pagbabayad-utang lamang tunay na malalaman ng sangkatauhan ang disposisyon at diwa ng Diyos, at malalaman ang identidad ng Lumikha; kapag tunay na nilang nakilala ang Lumikha, saka lamang magigising sa kalooban ng sangkatauhan ang tunay na pagsamba at pagpapasakop; kapag may tunay na silang pagsamba at pagpapasakop sa Lumikha, saka lamang magagawang isantabi ng sangkatauhan ang kanilang masasamang gawi, ibig sabihin, maiwasan ang kasamaan.

Ito ang buong proseso ng “pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan,” at ito rin ang buong nilalaman ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan. Ito ang daan na kailangang bagtasin upang magkaroon ng takot sa Diyos at makaiwas sa kasamaan.

Ang “pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan” at pagkilala sa Diyos ay matibay na pinagkonekta ng napakaraming sinulid, at ang koneksyon sa pagitan ng mga ito ay malinaw. Kung nais ng sinuman na makaiwas sa kasamaan, kailangan muna siyang magkaroon ng tunay na takot sa Diyos; kung nais ng sinuman na magkaroon ng tunay na takot sa Diyos, kailangan muna siyang magtamo ng tunay na kaalaman tungkol sa Diyos; kung nais ng sinuman na magtamo ng kaalaman tungkol sa Diyos, kailangan muna niyang maranasan ang mga salita ng Diyos, pumasok sa realidad ng mga salita ng Diyos, maranasan ang pagtutuwid at pagdidisiplina ng Diyos, ang Kanyang pagkastigo at paghatol; kung nais ng sinuman na maranasan ang mga salita ng Diyos, kailangan muna niyang makaharap ang mga salita ng Diyos, makaharap ang Diyos, at humiling sa Diyos na magbigay ng mga pagkakataong

maranasan ang mga salita ng Diyos sa anyo ng lahat ng uri ng sitwasyong sangkot ang mga tao, kaganapan, at bagay; kung nais ng sinuman na makaharap ang Diyos at ang mga salita ng Diyos, kailangan muna siyang magtaglay ng simple at matapat na puso, kahandaang tanggapin ang katotohanan, kagustuhang tiisin ang pagdurusa, matibay na determinasyon at tapang na iwasan ang kasamaan, at ang hangaring maging isang tunay na nilalang.... Sa ganitong paraan, sa unti-unting pagsulong, lalo kang mapapalapit sa Diyos, lalong magiging dalisay ang puso mo, at lalo pang magiging makabuluhan at mas maningning ang iyong buhay at ang kahalagahan ng pagiging buhay, sa iyong pagkakilala sa Diyos. Hanggang, isang araw, madarama mo na hindi na isang palaisipan ang Lumikha, na hindi kailanman nakatago ang Lumikha mula sa iyo, na hindi kailanman nagkubli ng Kanyang mukha ang Lumikha mula sa iyo, na hindi pala malayo ang Lumikha sa iyo, na hindi na ang Lumikha ang lagi mong pinananabikan sa iyong mga iniisip kundi hindi mo Siya maabot sa iyong damdamin, na talaga at totoong nakabantay Siya sa iyong kaliwa at kanan, tinutustusan ang iyong buhay, at kinokontrol ang iyong tadhana. Hindi Siya natatanaw sa malayo, ni hindi Niya itinago ang Sarili Niya sa mga ulap sa itaas. Siya ay nasa tabi mo mismo, nangangasiwa sa iyong kabuuan, Siya ang lahat ng mayroon ka, at Siya ang tanging mayroon ka. Ang gayong Diyos ay tinutulutan kang mahalin Siya nang taos-puso, kapitan Siya, hawakan Siya nang mahigpit, hangaan Siya, matakot na mawala Siya, at aayawan mong talikuran pa Siya, suwayin pa Siya, o layuan o palayuin pa Siya. Ang tanging gusto mo ay pagmalasakitan Siya, sundin Siya, bayaran ang lahat ng ibinigay Niya sa iyo, at magpasakop sa Kanyang kapangyarihan. Hindi ka na tumatangging magabayan, matustusan, mabantayan, at maingatan Niya, hindi ka na tumatanggi sa Kanyang idinidikta at itinatakda para sa iyo. Ang tanging nais mo ay sundan Siya, ang makasama Niya; ang tanging nais mo ay tanggapin Siya bilang iyong kaisa-isang buhay, tanggapin Siya bilang iyong kaisa-isang Panginoon, iyong kaisa-isang Diyos.

Agosto 18, 2014

TALAAN NG MGA NILALAMAN

Paano Malalaman ang Disposisyon ng Diyos at ang mga Resultang Makakamtan ng Kanyang Gawain	1
Gaano Kabigat ang Timbang ng Kahihinatnan ng mga Tao sa Kanilang Puso.....	2
Hindi Mapapalitan ng mga Paniniwala ng mga Tao ang Katotohanan	5
Maraming Opinyon Tungkol sa Pamantayan ng Diyos sa Pagpapasya sa Kahihinatnan ng mga Tao	7
Lumakad sa Daan ng Diyos: Matakot sa Diyos at Umiwas sa Kasamaan.....	9
Gumagamit ang Diyos ng Iba-ibang Pagsubok Upang Suriin Kung ang mga Tao ay May Takot sa Diyos at Umiwas sa Kasamaan	11
Ang Hindi Matakot sa Diyos at Umiwas sa Kasamaan ay Paglaban sa Diyos.....	15
Paano Pinagpapasyahan ng Diyos ang Kahihinatnan ng mga Tao at ang mga Pamantayang Ginagamit Niya sa Paggawa Niyon	20
Ang Iba-ibang Kahihiyang Hatid ng Isang Praktikal na Tanong sa mga Tao	24
Unawain ang Saloobin ng Diyos at Isantabi ang Lahat ng Maling Akala Tungkol sa Diyos.....	29
Sino ang Nagpapasya sa Kahihinatnan ng mga Tao?	32
Kadalasang Ipinapakahulugan ng mga Tao ang Diyos Batay sa Karanasan.....	33
Ang Saloobin ng Diyos sa mga Tumatakas sa Panahon ng Kanyang Gawain	36
Ang mga Taong Tumatakas sa Panahon ng Gawain ng Diyos ay Yaong mga Tumalikod sa Tunay na Daan	37
Ang Kapalaran ng mga Tao ay Ipinapasya ng Kanilang Saloobin sa Diyos.....	39
Ang Panimula ng Pagkakaroon ng Takot sa Diyos ay Pagtrato sa Kanya Bilang Diyos	43
Ang mga Taong Iyon na Hindi Kinikilala ng Diyos	45
Mga Salita ng Payo	46
Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo I	48
A. Adan at Eba	59
1. Ang Utos ng Diyos kay Adan	59
2. Nilikha ng Diyos si Eba.....	60
3. Gumawa ang Diyos ng mga Kasuotang Balat Para kina Adan at Eba	62

B. Noe	67
1. Nilayon ng Diyos na Sirain ang Mundo Gamit ang Isang Baha at Sinabihan si Noe na Gumawa ng Isang Arka	67
2. Ang Pagpapala ng Diyos kay Noe Matapos ang Baha.....	73
3. Ginagamit ng Diyos ang Bahaghari Bilang Isang Palatandaan ng Kanyang Tipan sa Tao	75

Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo II

A. Abraham.....	91
1. Ipinangako ng Diyos na Bibigyan Niya ng Anak na Lalaki si Abraham ...	91
Walang Makapipigil sa Gawaing Pinagpapasyahang Gawin ng Diyos	91
2. Inialay ni Abraham si Isaac	93
Ang Gawain ng Pamamahala ng Diyos at Pagliligtas sa Sangkatauhan ay Nagsisimula sa Pagsasakripisyo ni Abraham kay Isaac	94
Walang Pakialam ang Diyos Kung Hangal man ang Tao—Hinihingi Lang Niyang Maging Totoo ang Tao	94
3. Ang Pangako ng Diyos kay Abraham.....	96
Nakakamit ng Tao ang mga Pagpapala ng Diyos Dahil sa Kanyang Sinseridad at Pagkamasunurin	97
Ang Pagkamit sa mga Nakakikilala sa Diyos at mga may Kakayahang Magpatotoo sa Kanya ay ang Di-magbabagong Hangarin ng Diyos ...	98
B. Dapat Wasakin ng Diyos ang Sodoma.....	100
Pinagtutuunan Lamang ng Pansin ng Diyos ang mga Nakakasunod sa Kanyang mga Salita at Sumusunod sa Kanyang mga Utos	101
Sagana sa Awa ang Diyos sa Kanyang mga Pinagmamalasakitan, at Malalim ang Poot sa mga Kinamumuhian at Tinatanggihan Niya	103
Ang mga Tao ng mga Huling Araw ay Nakikita Lamang ang Poot ng Diyos sa Kanyang mga Salita, at Hindi Tunay na Nakararanas ng Poot ng Diyos	106
Ang Disposisyon ng Diyos ay Hindi Kailanman Itinago sa Tao—ang Puso ng Tao ang Lumayo sa Diyos.....	108
C. Job	110
1. Ang mga Pagsusuri ng Diyos kay Job at ang nasa Bibliya	110
Partikular na mga Pagpapamalas ni Job ng Pagkatakot sa Diyos at Paglayo sa Kasamaan sa Kanyang Araw-araw na Pamumuhay.....	111
2. Tinukso ni Satanas si Job sa Unang Pagkakataon (Ninakaw ang Kanyang mga Alagang Hayop at Sumapit ang Kalamidad sa Kanyang mga Anak)	113
a. Ang mga Salitang Binigkas ng Diyos	113

b. Sagot ni Satanas.....	113
Pinahihintulutan ng Diyos si Satanas na Tuksuhin si Job Upang Gawing Perpekto ang Pananampalataya ni Job.....	113
c. Ang Reaksyon ni Job	116
Nanggaling sa Kanyang Takot sa Diyos ang Kusang Pagbabalik ni Job ng Lahat ng Kanyang Pag-aari	116
Ang Hindi Natitinag na Integridad ni Job ay Nagdadala ng Kahihiyan kay Satanas at Nagiging Sanhi ng Pagtakas Nito nang may Pagkasindak	119
3. Muling Tinukso ni Satanas si Job (Naglitawan ang Mahahapding Pigsa sa Buong Katawan ni Job).....	120
a. Ang mga Salitang Binigkas ng Diyos	120
b. Ang mga Salitang Binigkas ni Satanas	120
c. Paano Kinakaharap ni Job ang Pagsubok	121
Ang Pag-ibig ni Job sa Daan ng Diyos ay Nakahihigit sa Lahat	121
Sa Gitna ng Sukdulang Paghihirap, Tunay na Naunawaan ni Job ang Pangangalaga ng Diyos sa Sangkatauhan.....	123
Ang Isa pang Pagpapamalas ng Takot ni Job sa Diyos at Pag-iwas sa Kasamaan ay ang Kanyang Pagpupuri sa Pangalan ng Diyos sa Lahat ng Bagay	125
Ang Maraming Maling Pagkakaintindi ng mga Tao Tungkol kay Job	126
Isinusumpa ni Job ang Araw ng Kanyang Kapanganakan Dahil Hindi Niya Gustong Masaktan ang Diyos nang Dahil sa Kanya	129
Tinalo ni Job si Satanas at Naging Tunay na Tao sa Paningin ng Diyos.....	131
Tungkol Kay Job	133
Sa Araw-araw na Pamumuhay ni Job Nakikita Natin ang Kanyang Pagkaperpekto, Pagkamatuwid, Takot sa Diyos, at Paglayo sa Kasamaan.....	133
Ang mga Pagpapamalas ng Pagkatao ni Job sa Panahon ng Kanyang mga Pagsubok (Pag-unawa sa Pagkaperpekto, Pagkamatuwid, Takot sa Diyos, at Paglayo sa Kasamaan ni Job sa Panahon ng Kanyang mga Pagsubok)	136
Ang Pagkamakatwiran ni Job	138
Ang Tunay na Mukha ni Job: Totoo, Dalisay, at Walang Kasinungalingan	139
Ang Pagbubukod ni Job sa Pag-ibig at Poot	140
Ang Kabutihan ng Puso at Sinseridad ni Job.....	141
Ang Kaugnayan sa Pagitan ng Pagpasa ng Diyos kay Job Papunta kay Satanas at ang mga Pakay ng Gawain ng Diyos	142

Tanggapin ang mga Pagsubok ng Diyos, Pagtagumpayan ang mga Panunukso ni Satanas, at Hayaan ang Diyos na Makamit ang Iyong Buong Pagkatao	144
Ang Babala at Kaliwanagan ng Patotoo ni Job na Ibinigay sa mga Sumunod na Henerasyon	145
Ang Patotoo ni Job ay Nagdulot ng Kaginhawahan sa Diyos	146
4. Narinig ni Job ang Diyos sa Pamamagitan ng Pagdinig ng Tainga	147
Bagama't Hindi Ibinunyag ng Diyos ang Sarili Niya kay Job, si Job ay Naniniwala sa Kataas-taasang Kapangyarihan ng Diyos	147
Ang Pananampalataya ni Job sa Diyos ay Hindi Nayayanig ng Katunayan na ang Diyos ay Nakatago sa Kanya.....	148
Pinupuri ni Job ang Pangalan ng Diyos at Hindi Iniisip ang mga Pagpapala o Kapahamakan	149
Bagaman ang Diyos ay Nakatago Mula sa Tao, ang Kanyang mga Gawa sa Lahat ng Bagay ay Sapat na Upang Makilala Siya ng Tao.....	151
Kung ang Puso ng Tao ay may Pagkapoot sa Diyos, Paano Siya Magkakaroon ng Takot sa Diyos at Makalalayo sa Kasamaan?	153
Huwag Magkaroon ng Pangamba sa mga Pagsubok ng Diyos	156
5. Si Job Pagkatapos ng Kanyang mga Pagsubok.....	157
Ang mga Natatakot sa Diyos at Lumalayo sa Kasamaan ay Tinitingnan ng Diyos nang may Pagtatangi, Habang ang mga Hangal ay Mababa sa Paningin ng Diyos	158
Ang Diyos ay Nagbibigay ng Awtoridad kay Job	160
Si Job ay Muling Pinagpala ng Diyos, at Hindi na Kailanman Muling Pinaratangan ni Satanas	160
Ginugol ni Job ang Huling Kalahati ng Kanyang Buhay sa Gitna ng mga Pagpapala ng Diyos.....	161
Ang Halagang Isinabuhay ni Job sa Kanyang Buong Buhay.....	162
D. Ang mga Alituntunin sa Kapanahunan ng Kautusan	163
Ang mga Alituntunin ng Kapanahunan ng Kautusan ay ang Tunay na Katibayan ng Pamamahala ng Diyos sa Buong Sangkatauhan	164
Ang Sangkatauhan ay Habambuhay na Hindi Maihihiwalay Mula sa mga Katuruan at Panustos ng Diyos	165
Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo III	168
Isang Pagbabalik-tanaw sa mga Kaisipan, Ideya, at Kilos ng Diyos Magmula Nang Likhain Niya ang Sanlibutan	170
Nilikha Mismo ng Diyos ang Unang Taong May-Buhay	170

Gumawa ang Diyos ng Serye ng Walang-Katulad na mga Gawain	
Bago at Pagkatapos ng Kapanahunan ng Kautusan.....	171
Ang Unang Beses na Nagkatawang-tao ang Diyos Para Isagawa	
ang Gawain.....	176
1. Pinitas ni Jesus ang mga Uhay Para Kainin sa Araw ng Sabbath.....	178
2. Ang Anak ng Tao ay Panginoon ng Sabbath.....	178
3. Ang Talinghaga ng Nawalang Tupa	188
4. Magpatawad nang Makapitongpung Pitong Beses	191
5. Ang Pag-ibig ng Panginoon	191
6. Ang Sermon sa Bundok	197
7. Ang mga Talinghaga ng Panginoong Jesus	197
8. Ang mga Utos	197
9. Gumawa si Jesus ng mga Himala	206
a. Pinakain ni Jesus ang Limang Libo	206
b. Nakaluwalhati sa Diyos ang Muling Pagkabuhay ni Lazaro	206
10. Ang Panghuhusga ng mga Pariseo kay Jesus	215
11. Ang Pagsaway ni Jesus sa mga Pariseo	215
12. Ang mga Salita ni Jesus sa Kanyang mga Disipulo Pagkatapos	
ng Kanyang Muling Pagkabuhay.....	220
13. Si Jesus ay Kumain ng Tinapay at Ipinaliwanag ang mga	
Kasulatan Pagkatapos ng Kanyang Muling Pagkabuhay	228
14. Binigyan ng mga Disipulo si Jesus ng Inihaw na Isda	
Upang Kainin	229

Ang Diyos Mismo, ang Natatangi I

Ang Awtoridad ng Diyos (I)	236
1. Gumamit ang Diyos ng mga Salita Para Likhain ang	
Lahat ng Bagay.....	240
Sa Unang Araw, ang Araw at Gabi ng Sangkatauhan ay Isinilang	
at Itinatag, Salamat sa Awtoridad ng Diyos	240
Sa Ikalawang Araw, Isinaayos ng Awtoridad ng Diyos ang mga	
Katubigan, at Ginawa ang Kalawakan, at Lumitaw ang Isang	
Puwang Para sa Pinakapayak na Pagpapatuloy ng	
Pamumuhay ng Tao	242
Sa Pangatlong Araw, Nagbigay ng Buhay sa Lupa at sa mga	
Karagatan ang mga Salita ng Diyos, at Nagdulot ang	
Awtoridad ng Diyos sa Mundo ng Nag-uumapaw sa Sigla.....	244
Sa Pang-apat na Araw, ang mga Panahon, mga Araw, at mga	
Taon ng Sangkatauhan ay Sumapit Nang Muling Gamitin	
ng Diyos ang Kanyang Awtoridad.....	246

Sa Panglimang Araw, Itinanghal ng Iba-iba at Sari-saring Anyo ng Buhay ang Awtoridad ng Lumikha sa Magkakaibang Paraan	249
Sa Pang-anim na Araw, Nagsalita ang Lumikha, at ang Bawat Uri ng Buhay na Nilalang sa Kanyang Isipan ay Lumitaw nang Isa-isa	252
Sa Ilalim ng Awtoridad ng Lumikha, Perpekto ang Lahat ng Bagay	255
Wala sa mga Nilikha at Di-nilikha ang Makakapalit sa Pagkakakilanlan ng Lumikha	257
2. Ginagamit ng Diyos ang Kanyang mga Salita Para Magtatag ng Kasunduan sa Tao	259
Matapos Niyang Gawin ang Lahat ng Bagay, Pinagtibay at Muling Naipakita ang Awtoridad ng Lumikha sa Kasunduan ng Bahaghari	259
3. Ang mga Pagpapala ng Diyos	261
Ang Natatanging Paraan at mga Katangian ng mga Pagbigkas ng Lumikha ay Simbolo ng Natatanging Pagkakakilanlan at Awtoridad ng Lumikha	262
Ang Awtoridad ng Lumikha ay Hindi Napipigilan ng Panahon, Espasyo, o Heograpiya, at ang Awtoridad ng Lumikha ay Hindi Nasusukat.....	267
Ang Pagiging Totoo ng Kontrol at Pamamahala ng Lumikha sa Lahat ng Bagay at mga Buhay na Nilalang ay Nagsasalita Tungkol sa Tunay na Pag-iral ng Awtoridad ng Lumikha	272
Di-Nagbabago at Di-Nalalabag ang Awtoridad ng Lumikha.....	275
4. Ang Utos ng Diyos kay Satanas	276
Hindi Kailanman Nangahas si Satanas na Labagin ang Awtoridad ng Lumikha, at Dahil Dito, Nabubuhay sa Kaayusan ang Lahat ng Bagay.....	276
Tanging ang Diyos, na May Pagkakakilanlan ng Lumikha, ang Nagtataglay ng Natatanging Awtoridad	279
Natatangi ang Pagkakakilanlan ng Lumikha, at Hindi Mo Dapat Sundin ang Ideya ng Politeismo.....	285
Bagama't ang Sangkatauhan ay Nagawa nang Tiwali, Nabubuhay pa rin Ito sa Ilalim ng Kataas-taasang Kapangyarihan ng Awtoridad ng Lumikha	286

Ang Diyos Mismo, ang Natatangi II

Ang Matuwid na Disposisyon ng Diyos	288
Dahil sa Mapagmatigas na Paglaban sa Diyos, ang Tao ay Winasak ng Poot ng Diyos	288
Katiwalian ng Sodoma: Ikinagagalit ng Tao, Ikinapopoot ng Diyos	289

Lubusang Winasak ang Sodoma Dahil sa Pagkakapuno sa Poot ng Diyos	291
Matapos ang Paulit-ulit na Pagsalungat at Paglaban ng Sodoma sa Kanya, Nilipol na ito ng Diyos nang Lubusan.....	292
Bagaman Nakatago at Nakalihim ang Poot ng Diyos sa Tao, Hindi Nito Kinukunsinti ang Pagkakasala	295
Ang Poot ng Diyos ay Isang Pananggalang Para sa Lahat ng Puwersa ng Katarungan at Lahat ng Positibong Bagay	297
Bagaman si Satanas ay Mukhang Makatao, Makatarungan at Mabuti, ang Diwa ni Satanas ay Malupit at Masama.....	301
Hindi Dapat Umasa ang Tao sa Karanasan at Imahinasyon Upang Malaman ang Matuwid na Disposisyon ng Diyos	303
Nakakamit ng Tao ang Awa at Pagpaparaya ng Diyos sa Pamamagitan ng Tapat na Pagsisisi	304
Buod ng Kasaysayan ng Ninive	305
Umabot ang Babala ng Diyos na si Jehova sa mga Taga-Ninive	306
Ang Malinaw na Pagkakaiba ng Reaksyon ng Ninive at Sodoma sa Babala ng Diyos na si Jehova.....	306
Ang Pagsisisi ng Hari ng Ninive ang Pumukaw sa Papuri ng Diyos na si Jehova.....	308
Nakikita ng Diyos ang Tapat na Pagsisisi sa Kaibuturan ng mga Puso ng mga Taga-Ninive	309
Kung ang Paniniwala Mo sa Diyos ay Totoo, Madalas Mong Matatanggap ang Kanyang Pagkalinga	311
Ang Tunay na Pagsisisi sa Puso ng mga Taga-Ninive ang Nagdulot sa Kanila ng Awa ng Diyos at Nagpabago sa Kanilang Sariling Katapusan.....	312
Ang Awa at Pagpaparaya ng Diyos ay Hindi Bihira—Ang Totoong Pagsisisi ng Tao ang Ganoon.....	313
Ang Matuwid na Disposisyon ng Lumikha ay Tunay at Malinaw	313
Ang Tapat na Damdamin ng Lumikha Tungo sa Sangkatauhan	316
Ipinahahayag ng Lumikha ang Kanyang Tunay na Damdamin Para sa Sangkatauhan	319
Limang Uri ng mga Tao	321
Unang Uri: Ang Yugto ng Sanggol na Nababalot ng Lampin.....	321
Ikalawang Uri: Ang Yugto ng Sanggol na Pinasususo	322
Pangatlong Uri: Ang Yugto ng Sanggol na Nagsisimula nang Kumain o ang Yugto ng Pagiging Batang Musmos	323
Pang-apat na Uri: Ang Yugto ng Pagiging Ganap na Bata, o ang Pagkabata.....	325

Panlimang Uri: Ang Yugto ng Ganap na Buhay, o ang Yugto ng Pagiging Matanda	328
--	-----

Ang Diyos Mismo, ang Natatangi III

Ang Awtoridad ng Diyos (II)	331
--	-----

Pag-unawa sa Awtoridad ng Diyos Mula sa Pangmalawakan at Pangmaliitang mga Pananaw	331
---	-----

Ang Kapalaran ng Sangkatauhan at ang Kapalaran ng Sansinukob ay Hindi Maihihiwalay Mula sa Kataas-taasang Kapangyarihan ng Lumikha	335
--	-----

Ang Anim na Sugpungan sa Buhay ng Tao	337
---	-----

Ang Unang Sugpungan: Kapanganakan	337
---	-----

1) Isang Bagong Buhay ang Isinisilang Mula sa mga Plano ng Lumikha	338
---	-----

2) Bakit Isinisilang ang Iba't ibang Tao sa Iba't ibang Kalagayan	339
---	-----

Ang Ikalawang Sugpungan: Paglaki	340
--	-----

1) Nagplano ang Lumikha ng mga Nakatakdang Kalagayang Kinalalakhan ng Bawat Tao	340
--	-----

2) Nagdudulot ang Iba't ibang Kalagayan na Kinalalakhan ng mga Tao ng Iba't ibang Papel na Ginagampanan	341
--	-----

Ang Ikatlong Sugpungan: Pagsasarili	342
---	-----

1) Matapos Makapagsarili, Nagsisimulang Maranasan ng Isang Tao ang Dakilang Kapangyarihan ng Lumikha	342
---	-----

2) Pag-iwan sa Sariling mga Magulang at Seryosong Pag-uumpisa na Gampanan ang Sariling Papel sa Teatro ng Buhay	344
--	-----

Ang Ikaapat na Sugpungan: Pag-aasawa	345
--	-----

1) Walang Indibiduwal na Pagpiling Nakaiimpluwensya sa Pag-aasawa	345
--	-----

2) Ang Pag-aasawa ay Isinilang sa mga Kapalaran ng Dalawang Magkapareha	346
--	-----

Ang Ikalimang Sugpungan: Supling	347
--	-----

1) Walang Kontrol ang Isang Tao sa Mangyayari sa Sariling Supling ...	347
---	-----

2) Pagkatapos Palakihin ang Susunod na Henerasyon, Nagtatamo ang mga Tao ng Bagong Pagkaunawa sa Kapalaran	349
---	-----

3) Ang Paniniwala sa Kapalaran ay Hindi Pamalit sa Kaalaman Tungkol sa Kataas-taasang Kapangyarihan ng Lumikha	350
---	-----

4) Tanging ang mga Nagpapasakop sa Dakilang Kapangyarihan ng Lumikha ang Maaaring Makatamo ng Tunay na Kalayaan	352
--	-----

Ang Ikaanim na Sugpungan: Kamatayan	354
---	-----

1) Tanging ang Lumikha ang may Kapangyarihan sa Buhay at Kamatayan ng Tao.....	354
2) Ang Hindi Nakakaalam sa Kataas-taasang Kapangyarihan ng Lumikha ay Hindi Patatahimikin ng Takot sa Kamatayan	355
3) Ang Buhay na Ginugol sa Paghahangad ng Katanyagan at Kapakinabangan ay liwan ang Isang Tao na Nalilito sa Harap ng Kamatayan.....	356
4) Magpasakop sa Kapamahalaan ng Lumikha at Mahinahon na Harapin ang Kamatayan.....	359
5) Ang mga Pagsusumikap at mga Natamo ni Job sa Buhay ang Nagpahintulot sa Kanya na Mahinahong Harapin ang Kamatayan ...	361
6) Tanging sa Pagtanggap sa Kataas-taasang Kapangyarihan ng Lumikha Maaaring Makabalik ang Isang Tao sa Kanyang Tabi	363
Huwag Palampasin ang Pagkakataon na Makilala ang Kataas-taasang Kapangyarihan ng Lumikha	363
Walang Sinuman ang Maaaring Makapagpabago sa Katunayan na Taglay ng Diyos ang Kataas-taasang Kapangyarihan sa Kapalaran ng Tao	366
Ang Wastong Saloobin at Pagsasagawa ng Isang Tao na Nagnanais Magpasakop sa Awtoridad ng Diyos	368
Ang Pagtanggap sa Diyos Bilang Iyong Natatanging Panginoon ang Unang Hakbang sa Pagtamo ng Kaligtasan.....	368

Ang Diyos Mismo, ang Natatangi IV

Ang Kabanalan ng Diyos (I)	371
1. Ang Utos ng Diyos na si Jehova sa Tao	373
2. Ang Pagtukso ng Ahas sa Babae	373
3. Ang Pag-uusap ni Satanas at ng Diyos na si Jehova.....	377

Ang Diyos Mismo, ang Natatangi V

Ang Kabanalan ng Diyos (II)	392
Ang Tukso ni Satanas	398
Limang Paraan Kung Paano Ginagawang Tiwali ni Satanas ang Tao	406
a. Paano Ginagamit ni Satanas ang Kaalaman Upang Gawing Tiwali ang Tao.....	407
b. Paano Ginagamit ni Satanas ang Siyensya Upang Gawing Tiwali ang Tao.....	410
c. Paano Ginagamit ni Satanas ang Tradisyunal na Kultura Upang Gawing Tiwali ang Tao	412
d. Paano Gumagamit si Satanas ng Pamahiin Upang Gawing Tiwali ang Tao.....	415

e. Paano Ginagamit ni Satanas ang mga Kalakarang Panlipunan Upang Gawing Tiwali ang Tao	418
Ang Diyos Mismo, ang Natatangi VI	
Ang Kabanalan ng Diyos (III)	428
Limang Paraan Kung Paano Ginagawang Tiwali ni Satanas ang Tao	428
a. Ginagamit ni Satanas ang Kaalaman Upang Gawing Tiwali ang Tao, at Ginagamit Nito ang Kasikatan at Pakinabang Upang Kontrolin ang Tao	428
b. Ginagamit ni Satanas ang Siyensya Upang Gawing Tiwali ang Tao.....	433
c. Ginagamit ni Satanas ang Tradisyunal na Kultura Upang Gawing Tiwali ang Tao	436
d. Paano Ginagamit ni Satanas ang mga Kalakarang Panlipunan Upang Gawing Tiwali ang Tao	437
Pag-unawa sa Kabanalan ng Diyos sa Pamamagitan ng Kung Ano ang Ginagawa Niya sa Tao.....	441
Ang mga Panlalansi na Ginagamit ni Satanas Upang Gawing Tiwali ang Tao	450
May anim na pangunahing mga pandaraya na ginagamit ni Satanas Upang gawing tiwali ang tao.....	451
Ang Diyos Mismo, ang Natatangi VII	
Ang Diyos ang Pinagmumulan ng Buhay Para sa Lahat ng Bagay (I)	459
Isang Pagbubuod Tungkol sa Awtoridad ng Diyos, sa Matuwid na Disposisyon ng Diyos, at sa Kabanalan ng Diyos	459
Kuwento 1: Isang Binhi, Lupa, Isang Puno, ang Sikat ng Araw, mga Ibon, at Tao	465
Kuwento 2: Isang Mataas na Bundok, Isang Munting Sapa, Isang Malakas na Hangin, at Isang Napakalaking Alon.....	471
Ang Diyos Mismo, ang Natatangi VIII	
Ang Diyos ang Pinagmumulan ng Buhay Para sa Lahat ng Bagay (II)	484
Ang Saligang Kapaligiran Para sa Buhay na Nililikha ng Diyos Para sa Sangkatauhan.....	486
a. Hangin.....	487
b. Temperatura	489
c. Tunog.....	492
d. Liwanag.....	494
e. Daloy ng Hangin	496

Ang Pang-araw-araw na Pagkain at Inuming Inihahanda ng Diyos Para sa Sangkatauhan.....	500
---	-----

Ang Diyos Mismo, ang Natatangi IX

Ang Diyos ang Pinagmumulan ng Buhay Para sa Lahat ng Bagay (III)	514
---	-----

Ang Diyos ay Nagtatakda ng mga Hangganan Para sa Lahat ng Bagay Upang Alagaan ang Lahat ng Sangkatauhan	516
Unang Bahagi: Nagtatakda ang Diyos ng mga Hangganan Para sa Bawat Uri ng Kalupaan	516
Ikalawang Bahagi: Nagtatakda ang Diyos ng mga Hangganan Para sa Bawat Nilalang na May-Buhay	519
Ikatlong Bahagi: Tinutustusan ng Diyos ang Kapaligiran at Ekolohiya Para Pangalagaan ang Sangkatauhan	520
Ikaapat na Bahagi: Nagtatakda ang Diyos ng mga Limitasyon sa Pagitan ng Iba't Ibang Lahi	524
Ang Diyos ang Naghahari sa Lahat at Nagtutustos sa Lahat, Siya ang Diyos ng Lahat ng Bagay	528
Binabalanse ng Diyos ang mga Kaugnayan sa Pagitan ng Lahat ng Bagay Upang Ipagkaloob sa Sangkatauhan ang Isang Matatag na Kapaligiran Para sa Patuloy na Pamumuhay	533

Ang Diyos Mismo, ang Natatangi X

Ang Diyos ang Pinagmumulan ng Buhay Para sa Lahat ng Bagay (IV)	544
--	-----

Paano Pinamamahalaan at Pinangangasiwaan ng Diyos ang Espirituwal na Mundo	547
a. Ang Siklo ng Buhay at Kamatayan ng mga Hindi Mananampalataya	550
b. Ang Siklo ng Buhay at Kamatayan ng Iba-ibang Taong May Pananampalataya	560
c. Ang Siklo ng Buhay at Kamatayan ng mga Alagad ng Diyos	565
Ang mga Kinakailangan ng Diyos sa Sangkatauhan	573
a. Ang Pagkakakilanlan at Katayuan ng Diyos Mismo.....	573
b. Ang Iba-ibang Saloobin ng Sangkatauhan sa Diyos.....	574
c. Ang Saloobing Hinihingi ng Diyos na Taglayin ng Sangkatauhan sa Kanya	578

Paano Malalaman ang Disposisyon ng Diyos at ang mga Resultang Makakamtan ng Kanyang Gawain

Una, umawit tayo ng isang himno: Awit ng Kaharian (I) Ang Kaharian ay Bumaba sa Mundo.

Pagsasalit: Ipinagbubunyi Ako ng mga tao, pinupuri Ako ng mga tao; lahat ng bibig ay tinatawag ang nag-iisang tunay na Diyos. Ang kaharian ay bumababa sa mundo ng mga tao.

1 Ipinagbubunyi Ako ng mga tao, pinupuri Ako ng mga tao; lahat ng bibig ay tinatawag ang nag-iisang tunay na Diyos, lahat ng tao ay tumitingala upang masdan ang Aking mga gawa. Ang kaharian ay bumababa sa mundo ng mga tao, ang Aking persona ay mayaman at sagana. Sino ang hindi magagalak dito? Sino ang hindi sasayaw sa galak? O, Sion! Itaas ang iyong matagumpay na bandila upang ipagbunyi Ako! Awitin ang iyong awit ng tagumpay upang ipalaganap ang Aking banal na pangalan!

2 Lahat ng nilikha hanggang sa mga dulo ng daigdig! Magmadaling linisin ang inyong sarili na magagawa kayong mga alay sa Akin! Mga konstelasyon ng kalangitan! Magmadaling bumalik sa inyong lugar upang ipakita ang Aking dakilang kapangyarihan sa kalawakan! Ako ay nakikinig sa tinig ng mga tao sa lupa, na ibinubuhos ang kanilang walang-hanggang pagmamahal at pagpipitagan sa Akin sa awit! Sa araw na ito, kung kailan lahat ng nilikha ay muling nabubuhay, Ako ay bumababa sa mundo ng mga tao. Sa sandaling ito, sa sandaling ito mismo, lahat ng bulaklak ay mag-uunahang mamukadkad, lahat ng ibon ay sabay-sabay na aawit, lahat ng bagay ay manginginig sa galak! Sa tunog ng pagpupugay ng kaharian, bumabagsak ang kaharian ni Satanas, nawasak sa dagundong ng awit ng kaharian, hindi na babangong muli kailanman!

3 Sino sa lupa ang nangangahas na bumangon at lumaban? Habang Ako ay bumababa sa lupa, dala Ko ay pagsunog, dala Ko ay poot, dala Ko ay lahat ng klaseng kapahamakan. Ang mga kaharian sa lupa ay Akin nang kaharian ngayon! Sa kalangitan, gumugulong at umaalon ang mga ulap; sa ilalim ng langit, ang mga lawa at mga ilog ay rumaragasa at kumakatha ng isang nakaaantig na himig. Naglalabasan ang nagpapahingang mga hayop mula sa kanilang lungga, at lahat ng tao ay ginigising Ko mula sa kanilang pagtulog. Dumating na rin sa wakas ang araw na pinakahihintay ng napakaraming tao! Inaalay nila ang pinakamagagandang awit sa Akin!

—Sundan ang Cordero at Kumanta ng mga Bagong Awitin

Ano ang iniisip ninyo tuwing kinakanta ninyo ang awit na ito? (Tuwang-tuwa at masayang-masaya, at iniisip namin kung gaano kaluwalhati ang kagandahan ng kaharian, kung paano magkakasama ang sangkatauhan at ang Diyos magpakailanman.) May nakaisip na ba tungkol sa anyong kailangang taglayin ng tao para makasama ng Diyos? Sa inyong imahinasyon, paano dapat ang isang tao para makasama ang Diyos at matamasa ang maluwalhating pamumuhay na magiging kasunod sa kaharian? (Dapat

mabago ang kanilang mga disposisyon.) Dapat mabago ang kanilang mga disposisyon, ngunit hanggang saan? Ano ang kauuwian nila pagkatapos magbago ang kanilang mga disposisyon? (Magiging banal sila.) Ano ang pamantayan para sa kabanalan? (Dapat ay nakatugma kay Cristo ang lahat ng saloobin at iniisip ng isang tao.) Paano ipinapamalas ang pagkakatatugmang ito? (Hindi nilalabanan o ipinagkakanulo ng isang tao ang Diyos, nagpapasakop nang lubusan sa Kanya, at mayroon siyang takot na pagpipitagan sa Diyos sa kanyang puso.) Nasa tamang daan ang ilan sa inyong mga sagot. Buksan ninyo ang inyong puso, lahat kayo, at sabihin ang nais ninyong sabihin. (Dapat magawa ng mga taong nabubuhay sa piling ng Diyos sa kaharian ang kanilang tungkulin—nang may katapatan—sa pamamagitan ng paghahangad sa katotohanan at hindi nagpapapigil sa sinumang tao, anumang pangyayari, o bagay. Sa gayon ay nagiging posible sa kanila ang makaalpas mula sa impluwensya ng kadiliman, iakma ang kanilang puso sa Diyos, at matakot sa Diyos at iwasan ang kasamaan.) (Maaaring umayon sa Diyos ang aming pananaw tungkol sa mga bagay-bagay, at maaari kaming makaalpas mula sa impluwensya ng kadiliman. Kahit paano, makakarating kami sa kung saan hindi na kami makakasangkapan ni Satanas, at kung saan maitatakwil namin ang anumang tiwaling disposisyon, at makakapagpasakop kami sa Diyos. Naniniwala kami na mahalagang makaalpas ang mga tao mula sa impluwensya ng kadiliman. Ang mga taong hindi makaalpas sa impluwensya ng kadiliman at makatakas sa mga gapos ni Satanas ay hindi pa nagtatamo ng pagliligtas ng Diyos.) (Para makatugon sa pamantayan para magawang perpekto ng Diyos, kailangang makiisa ang puso at isipan ng mga tao sa Kanya, at hindi na nila Siya labanan. Kailangan nilang makilala ang kanilang sarili, isagawa ang katotohanan, maunawaan ang Diyos, mahalín ang Diyos, at makaayon sa Diyos. Iyan lamang ang kailangan.)

Gaano Kabigat ang Timbang ng Kahihinatnan ng mga Tao sa Kanilang Puso

Mukhang mayroon kayong ilang ideya tungkol sa daan na dapat ninyong sundan, at nakabuo na kayo ng kaunting pagkaunawa o pagpapahalaga rito. Gayunman, kung lumabas mang hungkag o totoo ang mga salitang inyong nabigkas, depende iyon sa inyong pinagtutuunan sa inyong pang-araw-araw na pagsasagawa. Sa paglipas ng mga taon, nakaani kayong lahat ng ilang bunga mula sa bawat aspeto ng katotohanan, kapwa patungkol sa doktrina at patungkol sa tunay na nilalaman ng katotohanan. Nagpapatunay ito na lubhang binibigyang-diin ng mga tao sa panahong ito ang pagsusumikap para sa katotohanan, at dahil dito, siguradong nag-ugat na ang bawat aspeto at bagay ng katotohanan sa puso ng ilang tao. Gayunman, ano ang labis Kong kinatatakutan? Iyon ay na sa kabila ng katunayan na nag-ugat na sa puso ninyo ang mga paksang ito ng katotohanan at ang mga teoryang ito, napakaliit ng halaga ng tunay na nilalaman ng mga ito. Kapag nagkakaroon kayo ng mga problema at nahaharap sa mga pagsubok at pagpapasya, gaano kapraktikal ang pakinabang ng

realidad ng mga katotohanang ito sa inyo? Matutulungan ba kayo nitong malagpasan ang inyong mga paghihirap at makalabas mula sa inyong mga pagsubok, upang mapalugod ang kalooban ng Diyos? Maninindigan ba kayo sa gitna ng inyong mga pagsubok at magpapatotoo nang malakas para sa Diyos? Nag-alala na ba kayo tungkol sa mga bagay na ito? Tinatanong Ko kayo: Sa inyong puso, at sa lahat ng inyong pang-araw-araw na iniisip at pinagmumuni-muni, ano ang pinakamahalaga sa inyo? Nagkaroon na ba kayo ng konklusyon tungkol dito? Ano sa inyong paniniwala ang pinakamahalaga sa inyo? Sabi ng ilang tao, “Iyon ay ang isagawa ang katotohanan, siyempre pa,” samantalang ang sabi ng iba, “Siyempre, ang pagbabasa ng mga salita ng Diyos araw-araw.” Sabi ng ilang tao, “Iyon ay ang pagharap sa Diyos at pagdarasal sa Kanya araw-araw, siyempre,” at mayroon pang nagsasabi na, “Siyempre, ang gawin nang maayos ang aking tungkulin araw-araw.” Mayroon pang ilang nagsasabi na ang iniisip lamang nila ay palugurin ang Diyos, paano Siya susundin sa lahat ng bagay, at paano kumilos nang naaayon sa Kanyang kalooban. Tama ba iyon? Ito lamang ba? Halimbawa, sinasabi ng ilan, “Gusto ko lang magpasakop sa Diyos, ngunit tuwing nagkakaroon ako ng problema, hindi ko iyon magawa.” Sabi ng ilan, “Gusto ko lamang palugurin ang Diyos, at ayos lang iyon kahit minsan ko lamang Siya mapalugod—ngunit hindi ko Siya mapalugod kailanman.” Sabi ng ilan, “Gusto ko lamang magpasakop sa Diyos. Sa mga oras ng pagsubok gusto ko lamang magpasakop sa Kanyang mga pangangasiwa, sa Kanyang kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos, nang walang anumang mga reklamo o kahilingan. Subalit halos palagi akong nabibigong magpasakop.” Sinasabi pa ng iba, “Kapag nahaharap ako sa mga desisyon, hindi ko mapipiling isagawa ang katotohanan kailanman. Gusto ko palaging bigyang-kasiyahan ang laman at gusto kong tuparin ang sarili kong personal at makasariling mga pagnanasa.” Ano ang dahilan para dito? Bago dumating ang pagsubok ng Diyos, hinamon na ba ninyo ang inyong sarili nang maraming beses, na sinusubukan at pinatutunayan ang inyong sarili nang paulit-ulit? Tingnan kung tunay kayong makakapagpasakop sa Diyos at talagang mapapalugod Siya, at kung magagarantiyahan ninyo na hindi ninyo Siya ipagkakanulo; tingnan kung kaya ninyong hindi bigyang-kasiyahan ang inyong sarili at hindi isakatuparan ang inyong makasariling mga pagnanasa, at sa halip ay palugurin lamang ang Diyos, nang hindi gumagawa ng anumang sariling mga pagpili. Ginagawa ba ito ng sinuman? Sa totoo lang, mayroong kaisa-isang katunayan na inilagay sa harapan mismo ng inyong mga mata, at dito pinakainteresado ang bawat isa sa inyo at ito ang pinakagusto ninyong malaman—ang tungkol sa kahihinatnan at kahahantungan ng lahat. Maaaring hindi ninyo ito natatanto, ngunit ito ay isang bagay na hindi maikakaila ninuman. Pagdating sa katotohanan ng kahihinatnan ng mga tao, ang pangako ng Diyos sa sangkatauhan, at kung anong uri ng hantungan ang layon ng Diyos na pagdalhan sa mga tao, alam Ko na ilang beses nang napag-aralan ng ilan ang mga salita ng Diyos tungkol sa mga paksang ito. At may mga taong paulit-ulit na hinahanap ang sagot at pinagninilayan ito sa kanilang isipan, subalit wala pa rin silang

napapala, o marahil ay nakakabuo sila ng ilang malalabong konklusyon sa huli. Sa huli, hindi pa rin nila tiyak kung anong uri ng kahihinatnan ang naghihintay sa kanila. Kapag ginagampanan nila ang kanilang mga tungkulin, nais malaman ng karamihan sa mga tao ang malilinaw na sagot sa sumusunod na mga tanong: “Ano ang kahihinatnan ko? Maaari ko bang tahakin ang landas na ito hanggang sa dulo nito? Ano ang saloobin ng Diyos sa sangkatauhan?” Nag-aalala pa ang ilang tao nang ganito: “Noon, may nagawa akong ilang bagay, at may nasabi akong ilang bagay; naging masuwayin ako sa Diyos, mayroon akong mga kilos na nagkanulo sa Diyos, at, sa ilang pagkakataon, nabigo akong palugurin ang Diyos, sinaktan ko ang Kanyang damdamin, at nabigo ko Siya at napagalit ko Siya at kinasuklamang Niya ako. Marahil, kung gayon, walang nakakaalam sa aking kahihinatnan.” Makatarungang sabihin na karamihan sa mga tao ay nababalisa tungkol sa sarili nilang kahihinatnan. Walang nangangahas na magsabing: “Pakiramdam ko, nang may siyento-por-siyentong katiyakan, na makakaligtas ako; siyento-por-siyentong nakatitiyak ako na mapapalugod ko ang kalooban ng Diyos. Ako ay isang tao na kaayon ng puso ng Diyos; ako ay isang tao na pinupuri ng Diyos.” Iniisip ng ilang tao na talagang mahirap sundan ang daan ng Diyos, at na ang pagsasagawa ng katotohanan ang pinakamahirap gawin sa lahat. Dahil dito, kumbinsido ang mga taong iyon na wala nang makakatulong sa kanila, at hindi sila nangangahas na umasa pang magkaroon ng mabuting kahihinatnan; o, marahil, naniniwala sila na hindi nila mapapalugod ang kalooban ng Diyos at sa gayon ay hindi sila maaaring makaligtas. Dahil dito, sinasabi nila na wala silang kahihinatnan at hindi sila magtatamo ng magandang hantungan. Paano man mag-isip talaga ang mga tao, napag-isip-isip nila nang maraming beses ang kanilang kahihinatnan. Sa mga tanong tungkol sa kanilang hinaharap at kung ano ang makukuha nila kapag natapos ng Diyos ang Kanyang gawain, palagi silang nagkakalkula at nagpaplano. Doble ang isinasakripisyo ng ilan; inaabandona ng ilan ang kanilang pamilya at trabaho; iniwan ng ilan ang kanilang asawa; nagbibitiw ang ilan sa trabaho para gugulin ang kanilang sarili para sa kapakanan ng Diyos; iniwan ng ilan ang kanilang tahanan para tuparin ang kanilang mga tungkulin; pinipili ng ilan na mahirapan, at nagsisimulang tanggapin ang pinakamasasaklap at nakakapagod na mga gawain; pinipili ng ilan na ilaan ang kanilang kayamanan at iukol ang lahat-lahat nila; at ang iba naman ay pinipili pa ring hanapin ang katotohanan at sikapang makilala ang Diyos. Paano man ninyo pinipiling magsagawa, mahalaga ba ang paraan ng inyong pagsasagawa o hindi? (Hindi.) Kung gayon ay paano natin ipaliliwanag itong “kawalang-halaga”? Kung hindi mahalaga ang pamamaraan ng pagsasagawa, ano ang mahalaga? (Ang ipinapakitang mabuting pag-uugali ay hindi kumakatawan sa pagsasagawa ng katotohanan.) (Hindi mahalaga ang mga iniisip ng bawat indibiduwal; ang mahalaga rito ay kung naisagawa natin ang katotohanan o hindi, at kung mahal natin ang Diyos o hindi.) (Ang pagbagsak ng mga anticristo at ng mga huwad na lider ay naipapaunawa sa atin na hindi ang ipinapakitang pag-uugali ang pinakamahalagang bagay. Sa tingin, tila marami silang natalikuran at tila handa

silang magsakripisyo, ngunit kapag sinuri nang mas mabuti, makikita natin na talagang hindi sila nagpipitagan sa Diyos, kundi sa halip ay kinontra nila Siya sa lahat ng aspeto. Sa mga kritikal na sandali, lagi silang pumapanig kay Satanas at nanghihimasok sa gawain ng Diyos. Sa gayon, ang mga pangunahing konsiderasyon dito ay kung kanino tayo nakapanig pagdating ng oras, at kung ano ang ating mga pananaw sa mga bagay-bagay.) Lahat kayo ay mahusay magsalita, at tila mayroon na kayong pangunahing pagkaunawa at pamantayang susundin pagdating sa pagsasagawa ng katotohanan, mga layunin ng Diyos, at ano ang mga hinihingi ng Diyos sa sangkatauhan. Lubhang nakakaantig na nagagawa ninyong magsalita nang ganito. Bagama't hindi gaanong tumpak ang ilan sa sinasabi ninyo, malapit nang mapasainyo ang wastong paliwanag tungkol sa katotohanan—at nagpapatunay ito na napaunlad na ninyo ang inyong sariling tunay na pag-unawa sa mga tao, pangyayari, at bagay sa inyong paligid, sa lahat ng nasa inyong kapaligiran ayon sa isinaayos ng Diyos, at lahat ng bagay na nakikita ninyo. Ito ay isang pagkaunawang malapit sa katotohanan. Kahit hindi gaanong kumpleto ang sinabi ninyo, at hindi gaanong angkop ang ilan sa inyong mga salita, ang inyong pagkaunawa ay papalapit na sa realidad ng katotohanan. Ang marinig kayong magsalita sa ganitong paraan ay nagpapaganda na sa Aking pakiramdam.

Hindi Mapapalitan ng mga Paniniwala ng mga Tao ang Katotohanan

Nagagawa ng ilang tao na magtiis ng mga paghihirap, magsakripisyo, magpakita ng mabuting asal, maging medyo kagalang-galang, at magalak sa paghanga ng iba. Masasabi ba ninyo na maituturing na pagsasagawa ng katotohanan ang ganitong klase ng ipinapakitang pag-uugali? Matutukoy kaya ng isang tao na napapalugod ng gayong mga tao ang kalooban ng Diyos? Bakit paulit-ulit na nakakakita ang mga tao ng gayong mga indibiduwal at iniisip nila na napapalugod nila ang Diyos, na tumatahak sila sa landas ng pagsasagawa ng katotohanan, at sinusundan ang daan ng Diyos? Bakit ganito ang iniisip ng ilang tao? Isa lamang ang paliwanag para dito. Ano ang paliwanag na iyon? Na para sa napakaraming tao, ang ilang katanungan—tulad ng ano ang ibig sabihin ng isagawa ang katotohanan, ano ang ibig sabihin ng palugurin ang Diyos, at ano ang ibig sabihin ng tunay na taglayin ang realidad ng katotohanan—ay hindi gaanong malinaw. Sa gayon, may ilang tao na madalas malinlang ng mga tao na sa tingin ay mukhang espirituwal, marangal, matayog, at dakila. Tungkol naman sa mga taong mahusay magsalita tungkol sa mga titik at doktrina, at ang pananalita at mga kilos ay tila karapat-dapat sa paghanga, yaong mga nalilinlang ng mga ito ay hindi natingnan kailanman ang diwa ng kanilang mga kilos, ang mga prinsipyo sa likod ng kanilang mga gawa, o kung ano ang kanilang mga mithiin. Bukod pa ryan, hindi nila natingnan kailanman kung tunay na nagpapasakop sa Diyos ang mga taong ito, ni hindi nila natukoy kailanman kung tunay na may takot sa Diyos ang mga taong ito o wala at umiiwas sila sa kasamaan o hindi. Hindi nila nahiwatigan kailanman ang diwa

ng pagkatao ng mga taong ito. Sa halip, simula sa unang hakbang ng pagkilala sa kanila, unti-unti na nilang hinangaan at iginalang ang mga taong ito, at sa huli, naging mga idolo nila ang mga taong ito. Bukod pa ryan, sa isipan ng ilang tao, ang mga idolong sinasamba nila—at pinaniniwalaan nila na kayang iwan ang kanilang pamilya at trabaho, at tila paimbabaw na nagagawang magsakripisyo—ang mga tunay na nagpapalugod sa Diyos at talagang magtatamo ng magagandang kahihinatnan at hantungan. Sa kanilang isipan, ang mga idolong ito ang mga taong pinupuri ng Diyos. Ano ang nagiging dahilan para maniwala sila sa gayong bagay? Ano ang diwa ng isyung ito? Ano ang mga bungang kahahantungan nito? Talakayin muna natin ang diwa nito.

Ang mahalaga, ang mga isyung ito tungkol sa mga pananaw ng mga tao, ang kanilang mga pamamaraan ng pagsasagawa, aling mga prinsipyo ng pagsasagawa ang pinipili nilang gamitin, at ano ang gusto nilang pagtuunan ay walang kinalaman sa mga hinihingi ng Diyos sa sangkatauhan. Nakatutok man ang mga tao sa mabababaw na usapin o malalalim na isyu, o sa mga titik at doktrina o realidad, hindi sila sumusunod doon sa pinaka-nararapat nilang sundin, ni hindi nila alam yaong bagay na pinaka-nararapat nilang malaman. Ito ay dahil sa ni ayaw man lamang ng mga tao sa katotohanan; sa gayon, ayaw nilang gumugol ng panahon at pagsisikap sa paghahanap at pagsasagawa ng mga prinsipyo ng pagsasagawa na matatagpuan sa mga pagbigkas ng Diyos. Sa halip, mas gusto nilang gumamit ng mas madaling paraan, na ibinubuod ang nauunawaan at nalalaman nilang mahusay na pagsasagawa at mabuting pag-uugali; ang buod na ito kung gayon ang nagiging sarili nilang mithiing pagsisikapang matupad, na itinuturing nilang katotohanang isasagawa. Ang tuwirang resulta nito ay na gumagamit ang mga tao ng mabuting pag-uugali bilang kapalit ng pagsasagawa ng katotohanan, na tumutupad din sa hangarin nilang makahingi ng pabor sa Diyos. Binibigyan sila nito ng puhunang magagamit para labanan ang katotohanan, na ginagamit din nila para mangatwiran at makipaglaban sa Diyos. Kasabay nito, walang-takot na isinasantabi rin ng mga tao ang Diyos, at ipinapalit sa lugar Niya ang mga idolong hinahangaan nila. Iisa lamang ang ugat na dahilan kaya nagiging gayon kamangmang ang mga kilos at pananaw ng mga tao, o isang panig lamang ang mga opinyon at gawi nila—at ngayon ay sasabihin Ko sa inyo ang tungkol dito: Ang dahilan nito ay na, bagama't maaaring sinusunod ng mga tao ang Diyos, nagdarasal sila sa Kanya araw-araw, at binabasa nila ang Kanyang mga pagbigkas araw-araw, hindi nila talaga nauunawaan ang kalooban ng Diyos. Narito ang ugat ng problema. Kung may nakaunawa sa puso ng Diyos, at nakaalam kung ano ang gusto Niya, ano ang kinasusuklaman Niya, ano ang nais Niya, ano ang inaayawan Niya, anong klaseng tao ang minamahal Niya, anong klaseng tao ang inaayawan Niya, anong klaseng pamantayan ang ginagamit Niya kapag may hinihingi Siya sa mga tao, at anong klaseng pamamaraan ang ginagamit Niya para gawin silang perpekto, maaari pa rin kayang magkaroon ang taong iyon ng sarili nilang mga opinyon? Maaari kayang basta humayo ang mga tao at sambahin nila ang ibang

tao? Maaari kayang maging idolo nila ang isang ordinaryong tao? Ang mga taong nakauunawa sa kalooban ng Diyos ay magtataglay ng medyo mas makatwirang pananaw kaysa riyan. Hindi nila basta iidolohin ang isang taong natiwali, ni hindi sila maniniwala, habang tumatahak sa landas ng pagsasagawa ng katotohanan, na ang pikit-matang pagsunod sa isang simpleng panuntunan o mga prinsipyo ay katumbas ng pagsasagawa ng katotohanan.

Maraming Opinyon Tungkol sa Pamantayan ng Diyos sa Pagpapasya sa Kahihinatnan ng mga Tao

Balikan natin ang paksang ito at patuloy nating talakayin ang tungkol sa kahihinatnan.

Dahil nag-aalala ang bawat tao sa sarili nilang kahihinatnan, alam ba ninyo kung paano pinagpapasyahan ng Diyos ang kahihinatnang iyan? Sa anong kaparaanan tinutukoy ng Diyos ang kahihinatnan ng isang tao? Bukod pa riyan, anong uri ng pamantayan ang ginagamit Niya upang mapagpasyahan ito? Kapag kailangan pang pagpasyahan ang kahihinatnan ng tao, ano ang ginagawa ng Diyos para ihayag iyon? Mayroon bang nakakaalam? Tulad ng sinabi Ko kanina, may ilan na napakatagal nang nagsasaliksik sa mga salita ng Diyos sa pagsisikap na makahanap ng mga tanda tungkol sa mga kahihinatnan ng mga tao, tungkol sa mga kategorya kung saan hinati-hati ang mga kahihinatnang ito, at tungkol sa sari-saring mga kahihinatnan na naghihintay sa iba't ibang klase ng mga tao. Umaasa rin silang malaman kung paano ipinapataw ng salita ng Diyos ang mga kahihinatnan ng mga tao, anong uri ng pamantayan ang ginagamit Niya, at kung paano Niya talaga ipinapasya ang kahihinatnan ng isang tao. Gayunman, sa huli, hindi nahanap ng mga taong ito ang anumang mga sagot kailanman. Sa totoo lang, napaka-kaunti ng nasabi tungkol sa mga pagbigkas ng Diyos. Bakit nagkagayon? Hangga't hindi pa inihahayag ang mga kahihinatnan ng mga tao, ayaw sabihin ng Diyos kaninuman ang mangyayari sa huli, ni ayaw Niyang ipaalam nang maaga kaninuman ang kanilang hantungan—dahil ang paggawa niyon ay walang anumang pakinabang sa sangkatauhan. Ngayon mismo, nais Ko lamang sabihin sa inyo ang tungkol sa paraan kung paano ipinapasya ng Diyos ang mga kahihinatnan ng mga tao, tungkol sa mga prinsipyong ginagamit Niya sa Kanyang gawain sa pagpapasya at pagpapamalas ng mga kahihinatnang ito, at tungkol sa pamantayang ginagamit Niya sa pagpapasya kung makakaligtas ba ang isang tao o hindi. Hindi ba ito ang mga tanong na labis ninyong ipinag-aalala? Kung gayon, paano naniniwala ang tao na ang Diyos ang nagpapasya sa mga kahihinatnan ng mga tao? Binanggit ninyo ang ilang bahagi nito ngayon lamang: Sinabi ng ilan sa inyo na may kinalaman ito sa tapat na pagganap ng isang tao sa tungkulin at paggugol para sa Diyos; sinabi ng ilan na tungkol ito sa pagpapasakop at pagpapalugod sa Diyos; sinabi ng ilan na ang isang dahilan ay ang magpasakop sa mga pagsasaayos ng Diyos; at sinabi ng ilan na ang mahalaga ay magpakumbaba.... Kapag isinagawa ninyo ang mga katotohanang ito, at

kapag nagsasagawa kayo alinsunod sa mga prinsipyo na pinaniniwalaan ninyong tama, alam ba ninyo kung ano ang iniisip ng Diyos? Napag-isip-isip na ba ninyo kung ang patuloy na pamumuhay nang ganito ay nagpapalugod sa Kanyang kalooban? Tumutugon ba ito sa Kanyang pamantayan? Nagsisilbi ba ito sa Kanyang mga hinihingi? Naniniwala Ako na hindi talaga pinag-iisipan nang husto ng karamihan sa mga tao ang mga tanong na ito. Ginagamit lamang nila nang wala sa loob ang isang bahagi ng salita ng Diyos, o isang bahagi ng mga sermon, o mga pamantayan ng ilang espirituwal na taong iniidolo nila, na pinipilit ang kanilang sarili na gawin ang kung anu-ano. Naniniwala sila na ito ang tamang paraan, kaya palagi nilang sinusunod ito at ginagawa ito, anuman ang mangyari sa bandang huli. Iniisip ng ilang tao, “Napakaraming taon ko nang nanampalataya; ganito na ako magsagawa noon pa man. Pakiramdam ko talagang napalugod ko ang Diyos, at pakiramdam ko marami rin akong napala mula rito. Ito ay dahil naunawaan ko na ang maraming katotohanan sa panahong ito, gayundin ang maraming bagay na hindi ko naunawaan dati. Lalo na, marami nang nagbago sa aking mga ideya at pananaw, malaki na ang ipinagbago ng mga pinahahalagahan ko sa buong buhay ko, at medyo may maganda na akong pagkaunawa sa mundong ito.” Naniniwala ang gayong mga tao na ito ay isang pag-aani, at na ito ang huling resulta ng gawain ng Diyos para sa sangkatauhan. Sa inyong opinyon, sa mga pamantayang ito at sa lahat ng pagsasagawa ninyo kapag pinagsama-sama, pinalulugod ba ninyo ang kalooban ng Diyos? Sasabihin ng ilan sa inyo nang may lubos na katiyakan, “Siyempre! Nagsasagawa kami ayon sa salita ng Diyos; nagsasagawa kami ayon sa ipinangaral at ibinahagi ng nasa Itaas. Lagi naming ginagawa ang aming mga tungkulin at palagi naming sinusunod ang Diyos, at hindi namin Siya iniwan kailanman. Samakatuwid ay masasabi natin nang may ganap na tiwala na napapalugod namin ang Diyos. Gaano man namin nauunawaan ang Kanyang mga layunin, at gaano man namin nauunawaan ang Kanyang salita, lagi kaming nasa landas ng paghahangad na maging kaayon ng Diyos. Basta’t kumikilos kami nang tama, at nagsasagawa nang tama, malamang na makamtan namin ang tamang resulta.” Ano ang palagay ninyo sa pananaw na ito? Tama ba ito? Maaaring mayroon ding ilang nagsasabi, “Hindi ko naisip kailanman ang tungkol sa mga bagay na ito dati. Iniisip ko lamang na basta’t patuloy akong tumutupad sa aking tungkulin at kumikilos ayon sa mga hinihingi ng mga pagbigkas ng Diyos, maaari akong maligtas. Hindi ko naisaalang-alang kailanman ang tanong kung mapapalugod ko ang puso ng Diyos, ni hindi ko naisip kailanman kung natutugunan ko ang pamantayang Kanyang naitakda. Yamang walang nasabi o naibigay na anumang malilinaw na tagubilin sa akin ang Diyos, naniniwala ako na basta’t patuloy akong gumagawa at hindi ako tumitigil, malulugod ang Diyos at hindi Siya dapat gumawa ng anumang karagdang mga hinihingi sa akin.” Tama ba ang mga paniniwalang ito? Para sa Akin, ang paraang ito ng pagsasagawa, ang paraang ito ng pag-iisip, at ang mga pananaw na ito ay pawang may kasamang mga kathang-isip, gayundin ng kaunting pagkabulag. Marahil ay medyo nasisiraan ng loob ang ilan sa inyo dahil sa sinasabi Kong ito, at iniisip

ninyo, “Pagkabulag? Kung ito ay pagkabulag, napakaliit at walang katiyakan ang pag-asa naming maligtas at manatiling buhay, hindi ba? Sa ganitong paraan, hindi Mo ba kami binubuhusan ng malamig na tubig?” Anuman ang inyong pinaniniwalaan, ang mga bagay na Aking sinasabi at ginagawa ay hindi para iparamdam sa inyo na parang binuhusan kayo ng malamig na tubig. Sa halip, ito ay para mapahusay ang inyong pagkaunawa sa mga layunin ng Diyos at mapag-ibayo ang pagkaintindi ninyo sa Kanyang iniisip, sa Kanyang nais na isakatuparan, anong klaseng mga tao ang Kanyang gusto, ano ang Kanyang kinasusuklanan, ano ang Kanyang kinamumuhian, anong uri ng tao ang nais Niyang matamo, at anong uri ng tao ang Kanyang tinatanggihan. Ang mga ito ay para bigyan ng linaw ang inyong isipan at bigyan kayo ng malinaw na pang-unawa kung gaano na napalayo ang mga kilos at kaisipan ng bawat isa sa inyo mula sa pamantayang hinihingi ng Diyos. Kailangan bang talakayin ang mga paksang ito? Dahil alam Kong matagal na kayong nananampalataya, at nakinig sa napakaraming pangangaral, ngunit ito mismo ang mga bagay na kulang na kulang sa inyo. Bagama’t naitala ninyo ang bawat katotohanan sa inyong mga kuwaderno, at naisaulo at naiukit sa inyong mga puso ang ilan sa mga bagay na personal na pinaniniwalaan ninyong mahalaga, at bagama’t plano ninyong gamitin ang mga bagay na ito para palugurin ang Diyos sa inyong pagsasagawa, na gamitin ang mga ito kapag nangangailangan kayo, na gamitin ang mga ito upang malagpasan ang mahihirap na panahon na naghihintay sa inyo, o basta hayaan ang mga bagay na ito na samahan kayo habang nabubuhay kayo, para sa Akin, paano man ninyo ito ginagawa, kung ginagawa lamang ninyo ito, hindi ito gaanong mahalaga. Ano, kung gayon, ang napakahalaga? Iyon ay na habang ikaw ay nagsasagawa, kailangan mong malaman sa iyong kaibuturan, nang may lubos na katiyakan, kung lahat ng iyong ginagawa—bawat gawa—ay nakaayon sa nais ng Diyos o hindi, at kung ang lahat ng kilos ninyo, lahat ng iniisip ninyo, at ang mga resulta at layuning nais ninyong matupad ay talagang nagpapalugod sa kalooban ng Diyos at nagsisilbi sa Kanyang mga hinihingi, gayundin kung Kanyang sinasang-ayunan ang mga ito o hindi. Ito ang napakahalaga.

Lumakad sa Daan ng Diyos: Matakot sa Diyos at Umiwas sa Kasamaan

May isang kasabihan na dapat ninyong itala. Naniniwala Ako na napakahalaga ng kasabihang ito, dahil para sa Akin, naiisip ito nang napakaraming beses bawat araw. Bakit ganon? Dahil tuwing nakakaharap Ko ang isang tao, tuwing naririnig Ko ang kuwento ng isang tao, at tuwing naririnig Ko ang karanasan o patotoo ng isang tao tungkol sa paniniwala sa Diyos, lagi Kong ginagamit ang kasabihang ito para matukoy sa Aking puso kung ang indibiduwal na ito ang uri ng taong nais ng Diyos at ang uri ng taong gusto ng Diyos. Kaya, sa gayon: ano ang kasabihang ito? Ngayon ay napasabik Ko kayong lahat nang husto. Kapag inihayag Ko ang kasabihan, marahil ay madidismaya kayo, dahil ang ilan ay sinasabi lamang ito nang hindi taos-puso sa loob ng maraming taon ngunit hindi ito ginagawa. Gayunman, ni minsan ay hindi Ko man

lamang ito sinabi nang hindi taos-puso. Nananahan sa puso Ko ang kasabihang ito. Kaya, ano ang kasabihang ito? Ito iyon: “Lumakad sa daan ng Diyos: Matakot sa Diyos at umiwas sa kasamaan.” Hindi ba napakasimpleng parirala nito? Magkagayunman, sa kabila ng kasimplihan nito, madarama ng mga taong tunay na may malalim na pagkaunawa sa mga salitang ito na may malaking kahalagahan ang mga ito, na napakahalaga ng kasabihang ito para sa pagsasagawa ng isang tao, na naaayon ito sa wika ng buhay na naglalaman ng realidad ng katotohanan, na ito ay panghabambuhay na layunin para sa mga nagsisikap na palugurin ang Diyos, at na ito ay panghabambuhay na daan na dapat sundan ng sinumang may konsiderasyon sa mga layunin ng Diyos. Kaya, ano sa palagay ninyo: Hindi ba katotohanan ang kasabihang ito? Makabuluhan ba ito o hindi? Gayundin, marahil ay pinag-iisipan ng ilan sa inyo ang kasabihang ito, at sinusubukang unawain ito, at marahil ay nagdududa pa ang ilan sa inyo tungkol dito: Napakahalaga ba ng kasabihang ito? Kailangan bang bigyang-diin ito nang husto? Maaaring mayroon ding ilan sa inyo na hindi gaanong gusto ang kasabihang ito, dahil iniisip ninyo na ang pagtahak sa daan ng Diyos at pagpapaikli nito sa isang kasabihang ito ay labis na pagpapasimple. Ang pagkuha sa lahat ng sinabi ng Diyos at pagpapaikli nito sa isang kasabihan—hindi ba nito pinaliliit nang husto ang kahalagahan ng Diyos? Ganoon ba iyon? Maaaring hindi lubos na nauunawaan ng karamihan sa inyo ang malalim na kahulugan ng mga salitang ito. Bagama’t itinala na ninyong lahat ito, wala kayong balak na ilagak ang kasabihang ito sa inyong puso; naitala lamang ninyo ito sa inyong mga kuwaderno upang muling basahin at pagnilayan sa bakanteng oras ninyo. Ni hindi mag-aabala ang ilan sa inyo na isaulo ang kasabihang ito, lalo nang hindi ninyo susubuking gamitin ito sa mabuting paraan. Kung gayon, bakit nais Kong banggitin ang kasabihang ito? Anuman ang inyong pananaw at anuman ang isipin ninyo, kinailangan Kong banggitin ang kasabihang ito, sapagkat may malaking kaugnayan ito sa kung paano ipinapasya ng Diyos ang mga kahihinatnan ng mga tao. Anuman ang inyong kasalukuyang pagkaunawa sa kasabihang ito o paano man ninyo ito tinatrato, sasabihin Ko pa rin ito sa inyo: Kung maisasagawa ng mga tao ang mga salita ng kasabihang ito at mararanasan ang mga ito, at makakamit ang pamantayan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan, mapapanatag sila na sila ay maliligtas at tiyak na maganda ang kanilang kahihinatnan. Gayunman, kung hindi mo matugunan ang pamantayang inilatag ng kasabihang ito, masasabi na walang nakakaalam sa kahihinatnan mo. Sa gayon, nagsasalita Ako sa inyo tungkol sa kasabihang ito para maging handa ang inyong isipan, at para malaman ninyo kung anong klaseng pamantayan ang ginagamit ng Diyos para sukatin kayo. Tulad ng kasasabi Ko lamang sa inyo, ang kasabihang ito ay may malaking kaugnayan sa pagliligtas ng Diyos sa sangkatauhan, pati na sa kung paano Niya ipinapasya ang mga kahihinatnan ng mga tao. Sa anong paraan ito nagkaroon ng kaugnayan? Talagang gugustuhin ninyong malaman ito, kaya pag-uusapan natin ito ngayon.

Gumagamit ang Diyos ng Iba-ibang Pagsubok Upang Suriin Kung ang mga Tao ay May Takot sa Diyos at Umiawas sa Kasamaan

Sa bawat kapanahunan ng gawain ng Diyos, nagkakaloob Siya ng ilang salita sa mga tao at nagsasabi sa kanila ng ilang katotohanan. Ang mga katotohanang ito ay nagsisilbing daan na dapat sundan ng mga tao, ang daan na dapat nilang lakaran, ang daan na nagbibigay-kakayahan sa kanila na magkaroon ng takot sa Diyos at makaiwas sa kasamaan, at ang daan na dapat isagawa at sundan ng mga tao sa kanilang buhay at sa buong paglalakbay nila sa buhay. Ito ang mga dahilan kaya ipinapahayag ng Diyos ang mga pagbigkas na ito sa sangkatauhan. Ang mga salitang ito na nagmumula sa Diyos ay dapat sundin ng mga tao, at ang pagsunod sa mga ito ay pagtanggap ng buhay. Kung hindi susundin ng isang tao ang mga ito, hindi isasagawa ang mga ito, at hindi isasabuhay ang mga salita ng Diyos, hindi isinasagawa ng taong ito ang katotohanan. Bukod pa ryan, kung hindi isinasagawa ng mga tao ang katotohanan, hindi sila natatakot sa Diyos at hindi nila iniwasan ang kasamaan, ni hindi rin nila mapapalugod ang Diyos. Ang mga taong hindi kayang palugurin ang Diyos ay hindi matatanggap ang Kanyang papuri, at walang kahihinatnan ang gayong mga tao. Kaya, kung gayon, sa takbo ng Kanyang gawain, paano ipinapasya ng Diyos ang kahihinatnan ng isang tao? Anong mga pamamaraan ang ginagamit ng Diyos upang ipasya ang kahihinatnan ng isang tao? Marahil ay hindi pa rin masyadong malinaw ito sa inyo sa ngayon, ngunit kapag sinabi Ko sa inyo ang proseso, medyo magiging malinaw ito, dahil marami sa inyo mismo ang nakaranas na nito.

Sa kabuuan ng gawain ng Diyos, mula pa sa simula, nagtakda na ng mga pagsubok ang Diyos para sa bawat tao—o maaari ninyong sabihing, bawat taong sumusunod sa Kanya—at iba-iba ang bigat ng mga pagsubok na ito. May mga taong nakaranas ng pagsubok na maitakwil ng kanilang pamilya, may mga nakaranas ng pagsubok na masasamang kapaligiran, may mga nakaranas ng pagsubok na maaresto at mapahirapan, may mga nakaranas ng pagsubok na maharap sa mga pagpipilian, at may mga naharap sa mga pagsubok na pera at katayuan. Sa pangkalahatan, bawat isa sa inyo ay naharap na sa lahat ng uri ng mga pagsubok. Bakit ganito kung gumawa ang Diyos? Bakit Niya tinatrato ang lahat sa ganitong paraan? Anong klaseng resulta ang hinahanap Niya? Narito ang puntong nais Kong iparating sa inyo: Nais makita ng Diyos kung ang taong ito ang uri na may takot sa Kanya at umiiwas sa kasamaan. Ang ibig sabihin nito ay na kapag binibigyan ka ng Diyos ng isang pagsubok, at inihaharap ka sa ilang sitwasyon, layon Niyang suriin kung isa kang taong may takot sa Kanya at umiiwas sa kasamaan o hindi. Kung nahaharap ang isang tao sa tungkuling ingatan ang isang handog, at humantong ang tungkuling ito sa paggalaw sa handog sa Diyos, sasabihin mo ba na ito ay isang bagay na naisaayos ng Diyos? Walang duda! Lahat ng bagay na kinakaharap mo ay isang bagay na naisaayos ng Diyos. Kapag nahaharap ka sa bagay na ito, lihim kang oobserbahan ng Diyos, minamatyagan kung anong mga pagpili ang ginagawa mo,

paano ka nagsasagawa, at ano ang mga naiisip mo. Ang pinakamahalaga sa Diyos ay ang huling resulta, dahil ito ang resultang tutulong sa Kanya na masukat kung namuhay ka ayon sa Kanyang pamantayan o hindi sa partikular na pagsubok na ito. Gayunman, tuwing nahaharap ang mga tao sa isang problema, madalas ay hindi nila iniisip kung bakit sila nahaharap sa mga ito, anong pamantayan ang inaasahan ng Diyos na matugunan nila, ano ang nais Niyang makita sa kanila o ano ang nais Niyang matamo mula sa kanila. Kapag naharap sa problemang ito, iniisip lamang ng mga tao ito: “Ito ang bagay na kinakaharap ko; kailangan kong mag-ingat, hindi magpabaya! Anuman ang mangyari, ito ay handog sa Diyos, at hindi ko ito maaaring galawin.” Nasasaisip ang mga simpleng bagay na ito, naniniwala ang mga tao na natupad na nila ang kanilang mga responsibilidad. Malulugod ba ang Diyos sa resulta ng pagsubok na ito o hindi? Sumige kayo at pag-usapan ninyo ito. (Kung may takot sa Diyos ang mga tao sa kanilang puso, kapag naharap sila sa isang tungkulin na nagtutulot sa kanila na magalaw ang handog sa Diyos, isasaalang-alang nila kung gaano kadalang magkasala sa disposisyon ng Diyos, at sisiguraduhin nilang mag-ingat sa kanilang pagkilos.) Ang tugon mo ay nasa tamang landas, ngunit hindi iyon nagtatapos doon. Ang paglalakad sa daan ng Diyos ay hindi tungkol sa pagsunod sa mabababaw na panuntunan; sa halip, nangangahulugan ito na kapag nahaharap ka sa isang problema, ituring mo muna ito una sa lahat bilang isang sitwasyon na naisaayos ng Diyos, isang responsibilidad na naipagkaloob Niya sa iyo, o isang gawaing naipagkatiwala Niya sa iyo. Kapag nahaharap sa problemang ito, dapat mo ngang ituring ito bilang isang pagsubok ng Diyos sa iyo. Kapag nahaharap ka sa problemang ito, kailangan ay mayroon kang pamantayan sa puso mo, kailangan mong isipin na ang bagay na ito ay nagmula sa Diyos. Kailangan mong pag-isipan kung paano mo haharapin ito sa isang paraan na matutupad mo ang iyong responsibilidad habang nananatili kang tapat sa Diyos, gayundin kung paano ito gawin nang hindi Siya ginagalit o hindi ka nagkakasala sa Kanyang disposisyon. Kanina lamang ay pinag-usapan natin ang pag-iingat sa mga handog. Kasali rito ang mga handog, at binabanggit din dito ang iyong tungkulin at iyong responsibilidad. Nakatali ka sa responsibilidad na ito. Gayunman, kapag naharap ka sa problemang ito, mayroon bang anumang tukso? Mayroon. Saan nanggagaling ang tuksong ito? Galing ang tuksong ito kay Satanas, at nagmumula rin ito sa masasama at tiwaling mga disposisyon ng mga tao. Dahil may tukso, kasali sa isyung ito ang paninindigan sa patotoo na dapat panindigan ng mga tao, na responsibilidad at tungkulin mo rin. Sabi ng ilang tao, “Napakaliit na bagay nito; kailangan ba talagang palakihin ito?” Wala nang mas hihigit pang kailangan! Dahil para makalakad sa daan ng Diyos, hindi natin maaaring hayaan ang anumang nangyayari sa atin o sa paligid natin, kahit ang maliliit na bagay; iniisip man natin na dapat itong bigyang-pansin o hindi, basta’t may anumang bagay tayong nakakaharap, hindi natin ito dapat hayaan. Lahat ng bagay na nangyayari ay dapat ituring na mga pagsubok na bigay sa atin ng Diyos. Ano sa palagay mo ang ganitong paraan ng pagtingin sa mga bagay-bagay? Kung mayroon kang ganitong klaseng saloobin, nagpapatibay ito sa isang

katunayan: Sa iyong kalooban, may takot ka sa Diyos at handa kang umiwas sa kasamaan. Kung may hangarin kang palugurin ang Diyos, hindi malayong matugunan ng isinasagawa mo ang pamantayan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan.

Madalas ay may mga taong naniniwala na ang mga bagay na hindi gaanong pinapansin ng mga tao at hindi karaniwang binabanggit ay maliliit na bagay lamang na walang kinalaman sa pagsasagawa ng katotohanan. Kapag naharap sa ganito lamang na isyu, hindi ito gaanong pinag-iisipan ng mga taong ito, at hinahayaan lamang nila ito. Gayunman, sa katunayan, ang bagay na ito ay isang aral na dapat mong pag-aralan—isang aral kung paano magkaroon ng takot sa Diyos at paano umiwas sa kasamaan. Bukod pa ryan, ang dapat mong higit na alalahanin ay ang pag-alam kung ano ang ginagawa ng Diyos kapag dumarating ang bagay na ito sa iyong harapan. Nasa tabi mo ang Diyos, inoobserbahan ang bawat salita at kilos mo, at minamatyagan ang lahat ng ginagawa mo at ang mga pagbabagong nagaganap sa iyong isipan—ito ay gawain ng Diyos. Nagtatanong ang ilang tao, “Kung totoo iyan, bakit hindi ko iyon naramdaman?” Hindi mo iyon naramdaman dahil hindi ka sumunod sa daan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan bilang pangunahin mong daan; kaya hindi mo maramdaman ang banayad na gawaing ginagawa ng Diyos sa mga tao, na nagpapamalas mismo ayon sa iba-ibang saloobin at kilos ng mga tao. Isa kang hangal! Ano ang malaking bagay? Ano ang maliit na bagay? Ang mga bagay na nauugnay sa paglakad sa daan ng Diyos ay hindi nahahati sa pagitan ng malalaki o maliliit na bagay, lahat ng ito ay malalaking bagay—matatanggap ba ninyo iyon? (Matatanggap namin iyon.) Pagdating sa pang-araw-araw na mga bagay, may ilan na itinuturing ng mga tao na napakalaki at makabuluhan, at ang iba pa na itinuturing nilang maliliit na bagay. Madalas ituring ng mga tao ang malalaking bagay na ito na napakahalaga, at itinuturing nila ang mga ito na nagmula sa Diyos. Gayunman, habang lumalabas ang malalaking bagay na ito, dahil sa kamusmusan ng isip ng tao at dahil sa kanilang mahinang kakayahan, madalas ay hindi natutupad ng mga tao ang kalooban ng Diyos, hindi sila makatanggap ng anumang mga paghahayag, at hindi sila makakuha ng anumang aktuwal na kaalaman na may halaga. Pagdating sa maliliit na bagay, hindi talaga napapansin ng mga tao ang mga ito at hinahayaan lamang na unti-unting mawala. Sa gayon, nawala sa mga tao ang maraming pagkakataong masuri sa harap ng Diyos at masubok Niya. Kung lagi mong kinaliligtaan ang mga tao, pangyayari, at bagay, at mga sitwasyong naisaayos ng Diyos para sa iyo, ano ang ibig sabihin niyan? Ang ibig sabihin niyan ay na bawat araw, at kahit bawat sandali, palagi mong tinatalikuran ang pagpeperpekto ng Diyos sa iyo, pati na ang Kanyang pamumuno. Tuwing nagsasaayos ang Diyos ng isang sitwasyon para sa iyo, lihim Siyang nakamasid, nakatingin sa iyong puso, inoobserbahan Niya ang iyong mga iniisip at pagwawari, minamasdan kung paano ka mag-isip, at hinihintay na makita kung paano ka kikilos. Kung isa kang pabayang tao—isang taong hindi kailanman naging seryoso tungkol sa daan ng Diyos, sa Kanyang

mga salita, o sa katotohanan—hindi ka magiging maingat o hindi mo papansinin ang nais ng Diyos na tapusin o ang mga kinakailangang inasahan Niyang tugunan mo kapag nagsaayos Siya ng isang sitwasyon para sa iyo. Hindi mo rin malalaman kung paano nauugnay ang mga tao, mga pangyayari, at mga bagay na nakakatagpo mo sa katotohanan o sa kalooban ng Diyos. Pagkatapos mong harapin ang paulit-ulit na mga sitwasyon at pagsubok na tulad nito, nang walang nakikita ang Diyos na anumang resulta sa iyo, paano Siya magpapatuloy? Pagkatapos ng paulit-ulit na pagharap sa mga pagsubok, hindi mo dinakila ang Diyos sa puso mo, ni hindi mo nakita kung ano ang mga sitwasyong isinaayos ng Diyos para sa iyo: mga pagsubok at pagsusuri mula sa Diyos. Sa halip, sunud-sunod mo nang tinanggihan ang mga pagkakataong ibinigay ng Diyos sa iyo, at hinayaang makalampas ang mga ito nang paulit-ulit. Hindi ba sukdulang pagsuway ang ipinapakitang ito ng mga tao? (Oo.) Masasaktan ba ang Diyos dahil dito? (Oo.) Mali, hindi masasaktan ang Diyos! Minsan pa kayong nagulat na marinig Akong sabihin ang gayong bagay. Iniisip siguro ninyo: “Hindi ba sinabi kanina na palaging nasasaktan ang Diyos? Kung gayon ba ay hindi nasasaktan ang Diyos? Kung gayon, kailan nasasaktan ang Diyos?” Sa madaling salita, hindi masasaktan ang Diyos sa sitwasyong ito. Kaya, ano, kung gayon, ang saloobin ng Diyos sa uri ng pag-uugaling nakabalangkas sa itaas? Kapag tinatanggihan ng mga tao ang mga pagsubok at pagsusuring ipinadadala sa kanila ng Diyos, at kapag iniwasan nila ang mga ito, iisa lamang ang saloobin ng Diyos sa gayong mga tao. Anong saloobin ito? Tinatanggihan ng Diyos ang ganitong klaseng tao, sa kaibuturan ng Kanyang puso. May dalawang antas ng kahulugan para sa salitang “tanggihan.” Paano Ko dapat ipaliwanag ito mula sa Aking pananaw? Sa Aking kaibuturan, ang salitang “tanggihan” ay nangangahulugan ding kasuklaman at kamuhian. Ano naman ang isa pang antas ng kahulugan nito? Iyan ang bahaging nagpapahiwatig ng pagsuko sa isang bagay. Alam ninyong lahat ang kahulugan ng “pagsuko,” hindi ba? Sa madaling sabi, ang “tanggihan” ay isang salitang kumakatawan sa huling reaksiyon at saloobin ng Diyos sa mga taong kumikilos sa ganitong paraan; iyon ay sukdulang pagkamuhi sa kanila, at pagkayamot, at, sa gayon, nagreresulta ito sa desisyon na pabayaang sila. Ito ang panghuling desisyon ng Diyos sa isang taong hindi kailanman lumakad sa daan ng Diyos at hindi kailanman nagkaroon ng takot sa Diyos at umiwas sa kasamaan. Makikita ba ninyong lahat ngayon ang kahalagahan ng kasabihang binanggit Ko kanina?

Nauunawaan na ba ninyo ngayon ang pamamaraang ginagamit ng Diyos sa pagpapasya sa mga kahihinatnan ng mga tao? (Nagsasaayos Siya ng iba’t ibang sitwasyon araw-araw.) Nagsasaayos Siya ng iba’t ibang sitwasyon—ito ay isang bagay na nadarama at nahahawakan ng mga tao. Kaya, ano ang motibo ng Diyos sa paggawa nito? Ang Kanyang layunin ay bigyan ang bawat isang tao ng iba-ibang pamamaraan ng mga pagsubok sa iba’t ibang panahon at iba’t ibang lugar. Anong mga aspeto ng isang tao ang sinusuri sa panahon ng isang pagsubok? Tinutukoy ng isang pagsubok kung ikaw ay isang uri ng tao na may takot sa Diyos at umiwas sa kasamaan o hindi sa bawat isyung

iyong kinakaharap, naririnig, nakikita, at personal mong nararanasan. Lahat ay haharap sa ganitong klaseng pagsubok, dahil makatarungan ang Diyos sa lahat ng tao. Sinasabi ng ilan sa inyo, “Nanampalataya na ako sa Diyos sa loob ng maraming taon, kaya bakit hindi pa ako naharap sa anumang mga pagsubok?” Pakiramdam mo ay hindi ka pa naharap sa anuman dahil kapag nagsaayos ang Diyos ng mga sitwasyon para sa iyo, hindi mo sineseryoso ang mga ito at ayaw mong lumakad sa daan ng Diyos. Sa gayon, talagang hindi mo man lamang nadarama ang mga pagsubok ng Diyos. Sinasabi ng ilang tao, “Naharap na ako sa ilang pagsubok, ngunit hindi ko alam kung paano magsagawa nang wasto. Kahit noong magsagawa ako, hindi ko pa rin alam kung nanindigan ba ako sa panahon ng mga pagsubok ng Diyos.” Ang mga tao sa ganitong uri ng kalagayan ay tiyak na hindi lamang kakaunti. Sa gayon, ano ang pamantayang ginagamit ng Diyos sa pagsukat sa mga tao? Katulad ng sinabi Ko kanina: Iyon ay kung may takot ka man sa Diyos o wala at umiiwas ka sa kasamaan o hindi sa lahat ng bagay na ginagawa, iniisip, at ipinapakita mo. Ganito magpasya kung isa kang taong may takot sa Diyos o wala at umiiwas ka sa kasamaan o hindi. Simple ba ang konseptong ito, o hindi? Madali itong sabihin, ngunit madali ba itong isagawa? (Hindi iyon gayon kadali.) Bakit hindi iyon gayon kadali? (Dahil hindi kilala ng mga tao ang Diyos, at hindi nila alam kung paano ginagawang perpekto ng Diyos ang mga tao, kaya kapag nahaharap sila sa mga bagay-bagay, hindi nila alam kung paano hanapin ang katotohanan para malutas ang kanilang mga problema. Kailangan silang magdaan sa iba-ibang pagsubok, pagpipino, pagkastigo, at paghatol bago nila taglayin ang realidad na magkaroon ng takot sa Diyos.) Maaari ninyong sabihin iyan nang ganyan, ngunit para sa inyo, tila napakadaling magkaroon ng takot sa Diyos at umiwas sa kasamaan ngayon. Bakit Ko sinasabi ito? Dahil nakinig kayo sa maraming sermon at marami kayong natanggap na pagdidilig mula sa realidad ng katotohanan; ito ang nagtulot sa inyo na teoretikal at matalinong unawain kung paano magkaroon ng takot sa Diyos at umiwas sa kasamaan. Tungkol sa kung paano talaga isagawa ang pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan, malaking tulong ang lahat ng kaalamang ito at ipinadama nito sa inyo na parang madaling makamtan ang gayong bagay. Kung gayon, bakit hindi ito talaga nakakamtan ng mga tao kailanman? Ito ay dahil ang kalikasan at diwa ng mga tao ay walang takot sa Diyos, at gusto nito ang kasamaan. Ito ang tunay na dahilan.

Ang Hindi Matakot sa Diyos at Umiwas sa Kasamaan ay Paglaban sa Diyos

Magsisimula Ako sa pagtatanong sa inyo kung saan nagmula ang kasabihang, “matakot sa Diyos at umiwas sa kasamaan.” (Ang Aklat ni Job.) Yamang nabanggit natin si Job, talakayin natin siya. Noong panahon ni Job, gumawa ba ang Diyos para iligtas at lupigin ang sangkatauhan? Hindi. Ganoon ba? Gayundin, pagdating kay Job, gaano karami ang kanyang kaalaman noon tungkol sa Diyos? (Kaunti lamang.) Mas marami ba ang alam ni Job sa Diyos kaysa sa inyo ngayon o mas kaunti? Bakit hindi

kayo naglalakas-loob na sumagot? Napakadaling sagutin ng tanong na ito. Mas kaunti! Tiyak iyan! Kaharap ninyo ang Diyos sa mga panahong ito, at kaharap ninyo ang mga salita ng Diyos; mas marami kayong alam tungkol sa Diyos kaysa kay Job. Bakit Ko sinasabi ito? Bakit Ko sinasabi ang mga bagay na ito? Gusto Kong ipaliwanag ang isang katunayan sa inyo, ngunit bago Ko gawin iyan, nais Ko munang tanungin kayo: Kakaunti ang alam ni Job tungkol sa Diyos, subalit nagawa pa rin niyang magkaroon ng takot sa Kanya at iwasan ang kasamaan; bakit nabibigo ang mga tao na gawin ito sa mga panahong ito? (Malalim ang kanilang katiwalian.) Ang pagiging malalim ng kanilang katiwalian ang mababaw na pangyayari na nagsasanhi ng problema, ngunit hindi Ko titingnan iyon sa gayong paraan kailanman. Madalas ay kinukuha ninyo ang madalas gamiting mga doktrina at kataga, tulad ng “malalim na katiwalian,” “paghihimagsik laban sa Diyos,” “pagtataksil sa Diyos,” “pagsuway,” “pag-ayaw sa katotohanan,” at kung anu-ano pa, at ginagamit ninyo ang mga kilalang pariralang ito upang ipaliwanag ang diwa ng bawat isang isyu. Mali ang paraang ito ng pagsasagawa. Ang paggamit ng iisang sagot para ipaliwanag ang mga bagay tungkol sa iba’t ibang kalikasan ay tiyak na pupukaw sa lapastangang mga hinala tungkol sa katotohanan at sa Diyos; ayaw Kong marinig ang ganitong klaseng sagot. Pag-isipan ninyong mabuti ito! Walang isa man sa inyo ang nakapag-isip tungkol sa bagay na ito, ngunit nakikita Ko ito bawat araw, at bawat araw ay nadarama Ko ito. Sa gayon, habang kumikilos kayo, nakamasid Ako. Kapag may ginagawa kayo, hindi ninyo madama ang diwa nito, ngunit kapag nakamasid Ako, nakikita ko ang diwa nito, at nadarama Ko rin ang diwa nito. Kaya, ano ang diwang ito, kung gayon? Bakit walang takot sa Diyos ang mga tao sa panahong ito at hindi sila umiiwas sa kasamaan? Ang inyong mga sagot ay malayong maipaliwanag ang diwa ng problemang ito, ni hindi ito kayang lutasin ng mga ito. Ito ay dahil may isang pinagmulan ito na hindi ninyo alam. Ano ang pinagmulang ito? Alam Kong gusto ninyong marinig ang tungkol dito, kaya sasabihin Ko sa inyo ang pinagmulan ng problemang ito.

Mula nang magsimulang gumawa ang Diyos, paano Niya itinuring ang mga tao? Sinagip sila ng Diyos; nakita na Niya ang mga tao bilang mga miyembro ng Kanyang pamilya, bilang mga pakay ng Kanyang gawain, bilang mga taong nais Niyang lupigin at iligtas, at bilang mga taong nais Niyang gawing perpekto. Ito ang saloobin ng Diyos sa sangkatauhan sa simula ng Kanyang gawain. Ngunit ano ang saloobin ng sangkatauhan sa Diyos noon? Hindi pamilyar ang Diyos sa mga tao, at itinuring nila ang Diyos bilang isang estranghero. Masasabi na ang kanilang saloobin sa Diyos ay hindi umani ng mga tamang resulta, at wala silang malinaw na pagkaunawa kung paano nila dapat tratuhin ang Diyos. Sa gayon, itinuring nila Siya ayon sa gusto nila, at ginawa nila ang anumang gusto nila. May mga opinyon ba sila tungkol sa Diyos? Noong una, wala; ang tinatawag na mga opinyon ay binuo lamang ng ilang kuru-kuro at sapantaha tungkol sa Kanya. Tinanggap nila kung ano ang umayon sa kanilang mga kuru-kuro, at kapag may isang bagay na hindi umayon sa kanilang mga kuru-kuro,

pakunwari nila itong sinunod, ngunit lubhang nagtalo ang kanilang kalooban at kinontra nila ito. Ganito ang relasyon sa pagitan ng Diyos at ng mga tao sa simula: Itinuring sila ng Diyos bilang mga miyembro ng pamilya, subalit itinuring Siya ng tao bilang isang estranghero. Gayunman, pagkaraan ng ilang panahon ng gawain ng Diyos, naunawaan ng mga tao kung ano ang sinisikap Niyang makamit, at nalaman nila na Siya ang tunay na Diyos; nalaman din nila kung ano ang maaari nilang matamo mula sa Diyos. Paano itinuring ng mga tao ang Diyos sa panahong ito? Ang tingin nila sa Kanya ay isang mahihingan ng tulong, at inasam nilang mapagkalooban ng Kanyang biyaya, mga pagpapala, at mga pangako. Sa panahong ito, paano itinuring ng Diyos ang mga tao? Itinuring Niya sila bilang mga layon ng Kanyang paglupig. Nais ng Diyos na gumamit ng mga salita upang hatulan sila, suriin sila, at isailalim sila sa mga pagsubok. Gayunman, para sa mga tao noon, ang Diyos ay isang bagay na maaari nilang gamitin upang makamitan ang sarili nilang mga layunin. Nakita ng mga tao na ang katotohanang inilabas ng Diyos ay maaari silang lupigin at iligtas, na nagkaroon sila ng isang pagkakataong matamo ang mga bagay na nais nila mula sa Kanya, at matamo rin ang mga hantungang nais nila. Dahil dito, nabuo ang katiting na katapatan sa kanilang puso, at naging handa silang sundan ang Diyos na ito. Lumipas ang ilang panahon, at dahil nagtamo sila ng kaunting mababaw at doktrinal na kaalaman tungkol sa Diyos, masasabi pa na nagsisimula nang maging “pamilyar” ang mga tao sa Diyos at sa mga salitang Kanyang sinabi, Kanyang pangangaral, sa mga katotohanang Kanyang inilabas, at Kanyang gawain. Sa gayon ay nagkamali sila sa pagkaintindi na kilala na nila ang Diyos, at na nagsimula na silang lumakad sa landas ng pagiging kaayon ng Diyos. Sa ngayon, nakarinig na ang mga tao ng napakaraming sermon tungkol sa katotohanan at nakaranas na ng malaking bahagi ng gawain ng Diyos. Magkagayunman, dahil sa panghihimasok at paghadlang sanhi ng iba’t ibang kadahilanan at mga sitwasyon, hindi maaaring magtagumpay ang karamihan sa mga tao sa pagsasagawa ng katotohanan, ni hindi nila mapapalugod ang Diyos. Lalong naging matamlay at lalong nawalan ng tiwala ang mga tao. Nag-iibayo ang pakiramdam nila na walang nakakaalam sa sarili nilang mga kahihinatnan. Hindi sila nangangahas na mag-isip ng anumang magara na mga ideya, at wala silang hangad na umunlad; nag-aatubili lamang silang sumusunod, sumusulong, sa paisa-isang hakbang. Patungkol sa kasalukuyang kalagayan ng mga tao, ano ang saloobin ng Diyos sa kanila? Nais lamang Niyang ipagkaloob ang mga katotohanang ito sa kanila at pagtibayin ang mga ito sa Kanyang daan, at pagkatapos ay magpaplano Siya ng iba-ibang sitwasyon upang subukan sila sa iba’t ibang paraan. Ang Kanyang layunin ay gamitin ang mga salitang ito, ang mga katotohanang ito, at ang Kanyang gawain, at magdulot ng isang kahihinatnan kung saan may kakayahan ang mga tao na magkaroon ng takot sa Kanya at umiwas sa kasamaan. Karamihan sa mga taong nakita Ko ay itinuturing lamang ang mga salita ng Diyos bilang mga doktrina, mga titik lamang na nakasulat sa papel, mga regulasyong susundin. Sa kanilang mga kilos at

pananalita, o habang nahaharap sa mga pagsubok, hindi nila itinuturing ang daan ng Diyos bilang daan na dapat sundan. Lalong totoo ito kapag nahaharap ang mga tao sa malalaking pagsubok; wala pa Akong nakitang tao na nagsasagawa sa direksyon ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan. Sa gayon, ang saloobin ng Diyos sa mga tao ay puno ng matinding pagkamuhi at pag-ayaw! Sa kabila ng Kanyang paulit-ulit na pagbibigay sa kanila ng mga pagsubok, kahit daan-daang beses pa, wala pa rin silang anumang malinaw na saloobin upang maipamalas ang kanilang determinasyon: “Gusto kong magkaroon ng takot sa Diyos at iwasan ang kasamaan!” Dahil hindi taglay ng mga tao ang pasyang ito at hindi nila ito ipinapakita, ang kasalukuyang saloobin ng Diyos sa kanila ay hindi katulad noong araw, kung kailan ipinaabot Niya sa kanila ang Kanyang awa, pagpaparaya, pagtitimpi, at pagpapasensya. Sa halip, bigung-bigo Siya sa sangkatauhan. Sino ang nagsanhi ng kabiguang ito? Kanino nakasalalay ang saloobin ng Diyos sa mga tao? Nakasalalay ito sa bawat taong sumusunod sa Kanya. Sa maraming taon ng Kanyang gawain, maraming hinihingi ang Diyos sa mga tao at nagsaayos Siya ng maraming sitwasyon para sa kanila. Gayunman, paano man sila nagsagawa, at anuman ang saloobin nila sa Diyos, nabigo ang mga tao na magsagawa nang may malinaw na pagsunod sa layuning magkaroon ng takot sa Diyos at umiwas sa kasamaan. Sa gayon, ibubuod Ko ito sa isang parirala, at gagamitin Ko ang pariralang ito para ipaliwanag ang lahat ng kasasabi pa lamang natin kung bakit hindi makalakad ang mga tao sa daan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan. Ano ang pariralang ito? Ito iyon: Itinuturing ng Diyos ang mga tao bilang mga layon ng Kanyang pagliligtas at mga layon ng Kanyang gawain; itinuturing ng mga tao ang Diyos bilang kanilang kaaway at kanilang kakontra. Malinaw na ba sa iyo ngayon ang bagay na ito? Napakalinaw ng saloobin ng sangkatauhan, ng saloobin ng Diyos, at ng relasyon sa pagitan ng mga tao at ng Diyos. Gaano mang pangaral ang napakinggan ninyo, yaong mga bagay na pinaghugutan ninyo ng sarili ninyong mga konklusyon, tulad ng pagiging tapat sa Diyos, pagpapasakop sa Diyos, paghahanap ng daan para maging kaayon ng Diyos, pagkagustong gugulin ang buong buhay para sa Diyos, at pagnanais na mabuhay para sa Diyos—para sa Akin, ang mga bagay na iyon ay hindi mga halimbawa ng sadyang paglakad sa daan ng Diyos, ang magkaroon ng takot sa Diyos at umiwas sa kasamaan, kundi sa halip, mga daluyan lamang ang mga ito tungo sa inyong pagtatamo ng ilang layunin. Para matamo ang mga iyon, nag-aatubili kayong sumunod sa ilang regulasyon, at ang mga regulasyong ito mismo ang naglalayo sa mga tao mula sa daan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan, at minsan pang inilalagay niyan ang Diyos bilang kakontra ng sangkatauhan.

Medyo mabigat ang paksa ngayon, ngunit ano’t anuman, umaasa pa rin Ako na kapag dumaan kayo sa mga karanasang darating, at sa mga panahong darating, magawa ninyo ang kasasabi Ko pa lamang sa inyo. Huwag ninyong ituring ang Diyos na walang halaga—na para bang umiiral Siya kapag may silbi Siya sa inyo, ngunit hindi

Siya umiiral kapag wala Siyang silbi sa inyo. Kapag nagkaroon ka ng gayong ideya nang wala kang kamalay-malay, napagalit mo na ang Diyos. Marahil ay may mga taong nagsasabing, “Hindi ko itinuturing ang Diyos na walang halaga. Lagi akong nagdarasal sa Kanya at lagi kong sinusubukang bigyang-kasiyahan Siya, at lahat ng ginagawa ko ay nasa loob ng saklaw, pamantayan, at mga prinsipyong kinakailangan ng Diyos. Talagang hindi ako nagsasagawa ayon sa sarili kong mga ideya.” Oo, tama ang paraang ito ng iyong pagsasagawa. Magkagayunman, ano ang iniisip mo kapag nahaharap ka sa isang problema? Paano ka nagsasagawa kapag nahaharap ka sa isang isyu? Nadarama ng ilang tao na umiiral ang Diyos kapag nagdarasal sila sa Kanya at nagsusumamo sa Kanya, ngunit tuwing nahaharap sila sa isang problema, bumubuo sila ng sarili nilang mga ideya at nais nilang sundin ang mga ito. Ang ibig sabihin niyan ay itinuturing nila ang Diyos na walang halaga, at dahil sa gayong sitwasyon, hindi umiiral ang Diyos sa kanilang isipan. Naniniwala ang mga tao na dapat umiral ang Diyos kapag kailangan nila Siya, ngunit hindi kapag hindi nila Siya kailangan. Iniisip ng mga tao na ang pagsasagawa batay sa sarili nilang mga ideya ay sapat na. Naniniwala sila na magagawa nila ang anumang gusto nila; hindi talaga sila naniniwala na kailangan nilang hanapin ang daan ng Diyos. Para sa mga taong kasalukuyang nasa ganitong uri ng sitwasyon at hindi sila makaalpas, hindi ba nila inilalagay ang sarili nila sa panganib? Sabi ng ilang tao, “Inilalagay ko man ang sarili ko sa panganib o hindi, sumampalataya na ako sa loob ng maraming taon, at naniniwala ako na hindi ako pababayaan ng Diyos, dahil hindi Niya ako matitiis.” Sabi ng iba, “Naniwala na ako sa Panginoon noon pa mang nasa sinapupunan ako ng aking ina. Apatnapu o limampung taon na ang nakalipas, kaya sa tagal ng panahon, lubha akong karapat-dapat na iligtas ng Diyos at lubha akong karapat-dapat na patuloy na mabuhay. Sa nakalipas na apat o limang dekada, tinalikuran ko na ang aking pamilya at aking trabaho at naisuko ko na ang lahat ng mayroon ako—tulad ng pera, katayuan, kasiyahan, at oras para sa aking pamilya. Hindi ako kumain ng maraming masasarap na pagkain, hindi ako nagpakasaya sa maraming libangan, hindi ko nabisita ang maraming interesanteng lugar, at naranasan ko pa ngang maghirap na hindi kayang tiisin ng mga ordinaryong tao. Kung hindi ako maililigtas ng Diyos sa kabila ng lahat ng ito, hindi makatarungan ang pagtrato sa akin, at hindi ako maniniwala sa ganitong uri ng Diyos.” Marami bang taong ganito ang pananaw? (Marami.) Kung gayon, ipauunawa Ko sa inyo ngayon ang isang katunayan: Lahat ng taong gayon ang pananaw ay binabaril ang kanilang sariling paa. Ito ay dahil tinatakpan nila ang kanilang mga mata sa sarili nilang mga imahinasyon. Ang mga imahinasyong ito mismo, pati na ang sarili nilang mga konklusyon, ang pumapalit sa pamantayang pinatutugunan ng Diyos sa mga tao at pumipigil sa kanila na tanggapin ang tunay na mga layunin ng Diyos. Dahil dito, hindi nila madama ang Kanyang tunay na pag-iral, at nawawalan din sila ng pagkakataong magawang perpekto ng Diyos, na tinatalikuran ang anumang bahagi o kabahagi nila sa pangako ng Diyos.

Paano Pinagpapasyahan ng Diyos ang Kahihinatnan ng mga Tao at ang mga Pamantayang Ginagamit Niya sa Paggawa Niyon

Bago ka mapanatag sa anumang mga pananaw o konklusyon, dapat mo munang maunawaan ang saloobin ng Diyos sa iyo, at ang Kanyang iniisip, at saka ka magpasya kung tama o hindi ang sarili mong iniisip. Hindi kailanman ginamit ng Diyos ang panahon bilang panukat sa pagpapasya sa kahihinatnan ng isang tao, ni hindi Niya kailanman ibinatay ang gayong pagpapasya sa kung gaano nagdusa ang isang tao. Ano, kung gayon, ang pamantayang ginagamit ng Diyos sa pagpapasya sa kahihinatnan ng isang tao? Ang pagpapasya roon batay sa panahon ang siyang pinakaayon sa mga kuru-kuro ng mga tao. Bukod pa ryan, may mga taong madalas ninyong makita na minsang lubhang naging tapat, gumugol nang malaki, nagsakripisyo nang husto, at nagdusa nang matindi. Sila, sa tingin ninyo, ang maaaring iligtas ng Diyos. Lahat ng ipinamamalas at isinasabuhay ng mga taong ito ay tiyak na nakaayon sa mga kuru-kuro ng mga tao tungkol sa itinakdang mga pamantayan ng Diyos sa pagpapasya sa kahihinatnan ng isang tao. Anuman ang pinaniniwalaan ninyo, hindi Ko ililistang isa-isa ang mga halimbawang ito. Sa madaling salita, anumang hindi ayon sa pamantayang iniisip mismo ng Diyos ay nagmumula sa imahinasyon ng tao, at lahat ng gayong bagay ay mga kuru-kuro ng tao. Kung pikit-mata mong igigiit ang sarili mong mga kuru-kuro at imahinasyon, ano ang magiging resulta? Medyo malinaw na ang ibubunga nito ay pagtanggì lamang ng Diyos sa iyo. Ito ay dahil lagi mong ipinagyayabang ang iyong mga kwalipikasyon sa harap ng Diyos, nakikipagpaligsahan ka sa Kanya, at nakikipagtalo sa Kanya, at hindi mo talaga sinisikap na unawain ang Kanyang iniisip, ni hindi mo sinisikap na unawain ang kalooban o Kanyang saloobin sa sangkatauhan. Ang pagpapatuloy sa ganitong paraan ay pagpaparangal sa iyong sarili higit sa lahat; hindi nito pinupuri ang Diyos. Naniniwala ka sa iyong sarili; hindi ka naniniwala sa Diyos. Ayaw ng Diyos ang gayong mga tao, ni hindi Niya sila ililigtas. Kung maaari mong kalimutan ang ganitong uri ng pananaw at, bukod pa ryan, maitatama mo ang mga maling pananaw mong iyon noong araw, kung maaari kang magpatuloy ayon sa mga hinihingi ng Diyos, kung maaari mong isagawa ang daan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan mula ngayon, kung maaari mong parangalan ang Diyos bilang Isa na dakila sa lahat ng bagay at magpipigil kang gamitin ang sarili mong personal na mga kagustuhan, pananaw, o paniniwala upang ilarawan ang iyong sarili at ang Diyos, at sa halip ay hahanapin mo ang mga layunin ng Diyos sa lahat ng aspeto, matatanto at mauunawaan mo ang Kanyang saloobin sa sangkatauhan, at mapapalugod mo Siya sa pamamagitan ng pagtugon sa Kanyang mga pamantayan, kamangha-mangha iyan! Ipapakita niyan na magsisimula ka na sa daan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan.

Kung hindi ginagamit ng Diyos ang iba-ibang iniisip, ideya, at pananaw ng mga tao bilang mga pamantayan sa pagpapasya sa kanilang kahihinatnan, anong uri ng

pamantayan ang ginagamit Niya upang ipasya ang kahihinatnan ng mga tao? Ginagamit Niya ang mga pagsubok upang ipasya ang kanilang kahihinatnan. May dalawang pamantayan sa paggamit ng Diyos ng mga pagsubok upang ipasya ang kahihinatnan ng mga tao: Ang una ay ang dami ng mga pagsubok na pinagdaraan ng mga tao, at ang pangalawa ay ang mga resulta ng mga pagsubok na ito sa mga tao. Ang dalawang tagapagpahiwatig na ito ang nagtatakda ng kahihinatnan ng isang tao. Ngayon, ipaliwanag natin ang dalawang pamantayang ito.

Una sa lahat, kapag nahaharap ang isang tao sa isang pagsubok mula sa Diyos (maaaring hindi mabigat ang pagsubok na ito para sa iyo, hindi na kailangang banggitin), titiyakin ng Diyos na may kamalayan ka na ito ang Kanyang kamay sa iyo, at na Siya ang nagsaayos ng sitwasyong ito para sa iyo. Habang musmos pa ang iyong tayog, magsasaayos ng mga pagsubok ang Diyos upang subukin ka, at ang mga pagsubok na ito ay tutugma sa iyong tayog, kung ano ang kaya mong unawain, at ano ang kaya mong tiisin. Anong bahagi mo ang susubukin? Ang saloobin mo sa Diyos. Napakahalaga ba ng saloobing ito? Siyempre mahalaga iyon! Napakahalaga niyon! Ang saloobing ito ng mga tao ang resultang hangad ng Diyos, para sa Kanya, ito ang pinakamahalagang bagay sa lahat. Kung hindi, hindi gugugulin ng Diyos ang Kanyang mga pagsisikap sa mga tao sa pag-aabala sa gayong gawain. Sa pamamagitan ng mga pagsubok na ito, nais ng Diyos na makita ang iyong saloobin sa Kanya; nais Niyang makita kung ikaw ay nasa tamang landas o hindi. Nais din Niyang makita kung may takot ka sa Diyos at umiiwas sa kasamaan o hindi. Samakatuwid, marami man o kaunti ang nauunawaan mong katotohanan sa anumang partikular na panahon, mahaharap ka pa rin sa mga pagsubok ng Diyos, at kasunod ng anumang pagdami ng katotohanang iyong nauunawaan, patuloy Siyang magsasaayos ng mga pagsubok na may kaugnayan sa iyo. Kapag minsan ka pang naharap sa isang pagsubok, nanaisin ng Diyos na makita kung ang iyong pananaw, mga ideya, at saloobin sa Kanya ay nagkaroon na ng anumang paglago sa pagitan ng panahong iyan. Iniisip ng ilang tao, “Bakit nais palaging makita ng Diyos ang saloobin ng mga tao? Hindi pa ba Niya nakita kung paano nila isinasagawa ang katotohanan? Bakit nanaisin pa rin Niyang makita ang kanilang saloobin?” Walang kabuluhang kalokohan iyan! Ipagpalagay nang ganito kung gumawa ang Diyos, tiyak na nakapaloob diyan ang Kanyang kalooban. Palaging inoobserbahan ng Diyos ang mga tao sa tabi, minamasdan ang bawat salita at kilos nila, ang bawat gawa at galaw nila; inoobserbahan pa nga Niya ang bawat iniisip at ideya nila. Itinatala ng Diyos ang lahat ng nangyayari sa mga tao—ang kanilang mabubuting gawa, kanilang mga pagkakamali, kanilang mga paglabag, at pati nga ang kanilang mga paghihimagsik at pagkakanulo—bilang katibayan sa pagpapasya sa kanilang kahihinatnan. Sa paisa-isang hakbang, habang lumalaki ang gawain ng Diyos, makakarinig ka ng mas marami pang katotohanan at tatanggap ka ng mas marami pang positibong bagay at impormasyon, at magtatamo ka ng mas marami pang realidad ng katotohanan. Sa buong prosesong ito, madaragdagan din ang mga hinihingi ng Diyos sa iyo, at kasabay

nito, magsasaayos Siya ng mas mabibigat na pagsubok para sa iyo. Samantala, ang Kanyang layon ay suriin kung umunlad na ang iyong saloobin sa Kanya. Siyempre pa, kapag nangyari ito, ang pananaw na hinihingi ng Diyos sa iyo ay aayon sa iyong pagkaunawa sa realidad ng katotohanan.

Habang unti-unting nadaragdagan ang iyong tayog, gayundin ang pamantayang hinihingi ng Diyos sa iyo. Habang musmos ka pa, magtatakda Siya ng napakababang pamantayan para tugunan mo; kapag medyo mas mataas na ang iyong tayog, medyo tataasan Niya ang iyong pamantayan. Ngunit ano ang gagawin ng Diyos kapag naunawaan mo na ang buong katotohanan? Ihaharap ka Niya sa mas malalaking pagsubok. Sa gitna ng mga pagsubok na ito, ang nais na matamo ng Diyos sa iyo, ang nais Niyang makita sa iyo, ay ang mas malalim na kaalaman tungkol sa Kanya, isang tunay na pagpipitagan sa Kanya. Sa panahong ito, ang Kanyang mga hinihingi sa iyo ay magiging mas mataas at “mas malupit” kaysa noong mas musmos pa ang iyong tayog (maaaring ituring ng mga tao na malupit ang mga ito, ngunit itinuturing talaga ng Diyos na makatwiran ang mga ito). Kapag sinusubok ng Diyos ang mga tao, anong klaseng realidad ang nais Niyang likhain? Palagi Niyang hinihingi na ibigay ng mga tao ang kanilang puso sa Kanya. Sasabihin ng ilang tao, “Paano ko maibibigay iyan? Nagawa ko na ang aking tungkulin; tinalikuran ko na ang aking tahanan at kabuhayan, at ginugol ko na ang sarili ko. Hindi ba mga halimbawa ang lahat ng ito ng pagbibigay ng aking puso sa Diyos? Maaari kayang hindi talaga mga paraan ito ng pagbibigay ng aking puso sa Kanya? Ano ang partikular na hinihingi ng Diyos?” Napakasimple ng hinihingi. Sa katunayan, may ilang taong nakapagbigay na ng kanilang puso sa Diyos sa iba-ibang antas sa panahon ng iba-ibang yugto ng kanilang mga pagsubok, ngunit hindi kailanman ibinigay ng karamihan sa mga tao ang kanilang puso sa Diyos. Kapag sinusubok ka ng Diyos, nakikita Niya kung ang puso mo ay nasa Kanya, nasa laman, o kay Satanas. Kapag sinusubok ka ng Diyos, nakikita Niya kung lumalaban ka sa Kanya o nakaayon ka sa Kanya, at nakikita rin Niya kung nasa panig Niya ang puso mo. Kapag musmos ka pa at nahaharap sa mga pagsubok, kakaunti ang iyong tiwala, at hindi mo malalaman talaga kung ano ang kailangan mong gawin upang matupad ang mga layunin ng Diyos, sapagkat limitado ang pagkaunawa mo sa katotohanan. Gayunman, kung maaari ka pa ring manalangin sa Diyos nang tunay at taimtim, at kung handa kang ibigay ang iyong puso sa Kanya, gawin mo Siyang pinakamakapangyarihang pinuno mo, at maging handang ialay sa Kanya ang lahat ng bagay na pinaniniwalaan mong pinakamahalaga, sa gayon ay naibigay mo na ang puso mo sa Diyos. Habang nakikinig ka sa mas maraming sermon at mas nauunawaan mo ang katotohanan, unti-unti ring madaragdagan ang iyong tayog. Sa panahong ito, ang pamantayan ng mga hinihingi ng Diyos ay hindi na katulad noong musmos ka pa; hihingin Niya ang mas mataas na pamantayan sa iyo. Habang unti-unting ibinigay ng mga tao ang kanilang puso sa Diyos, dahan-dahang mapapalapit ang kanilang puso sa Diyos; kapag tunay na napapalapit ang mga tao

sa Diyos, mas magpipitagan ang kanilang puso sa Kanya. Gayong puso lamang ang nais ng Diyos.

Kapag nais ng Diyos na maangkin ang puso ng isang tao, isasailalim Niya ang taong iyon sa maraming pagsubok. Sa panahon ng mga pagsubok na ito, kung hindi maangkin ng Diyos ang puso ng taong iyon o makita na may anumang saloobin ang taong ito—ibig sabihin, kung hindi nakikita ng Diyos na nagsasagawa o kumikilos ang taong ito sa isang paraan na nagpapakita ng pagpipitagan sa Kanya, at kung hindi rin Niya nakikita sa taong ito ang isang saloobin at matibay na pagpapasya na umiwas sa kasamaan—pagkaraan ng maraming pagsubok, hindi na sila pagpapasensyahan ng Diyos, at hindi na Siya magpaparaya sa kanila. Hindi na Niya susubukin ang taong ito, at hindi na Siya gagawa pa sa kanila. Kaya, ano ang ipinahihiwatig nito sa kahihinatnan ng taong ito? Nangangahulugan ito na wala silang kahihinatnan. Marahil ay wala silang nagawang nakakagambala at hindi sila nagsanhi ng kaguluhan. Marahil ay hindi nila hayagang nilabanan ang Diyos. Gayunman, nananatiling tago ang puso ng taong ito sa Diyos; hindi sila kailanman nagkaroon ng malinaw na saloobin at pananaw sa Diyos, at hindi makita nang malinaw ng Diyos kung naibigay nila ang kanilang puso sa Kanya o kung hinahangad nilang magkaroon ng takot sa Kanya at iwasan ang kasamaan. Nauubos ang pasensya ng Diyos sa gayong mga tao, at hindi na Siya magsasakripisyo para sa kanila, maaawa sa kanila, o gagawa sa kanila. Nagwakas na ang pamumuhay ng isang tao nang may pananampalataya sa Diyos. Ito ay dahil, sa lahat ng maraming pagsubok na naibigay ng Diyos sa kanila, hindi natamo ng Diyos ang resultang nais Niya. Sa gayon, may ilang tao na hindi Ko kailanman nakitaan ng kaliwanagan at pagtanglaw ng Banal na Espiritu. Paano ito makikita? Ang mga taong ito ay maaaring naniwala sa Diyos sa loob ng maraming taon, at sa tingin, kumilos sila nang masigla; nakabasa ng maraming aklat, nangasiwa sa maraming gawain, nakapuno ng isang dosena o mas marami pang kuwaderno, at naging dalubhasa sa napakaraming salita at doktrina. Gayunman, kailanman ay walang anumang nakikitang paglago sa kanila, hindi pa rin makita ang kanilang mga pananaw sa Diyos, at malabo pa rin ang kanilang saloobin. Sa madaling salita, hindi makita ang nilalaman ng kanilang puso; laging balot at selyado ang kanilang puso—selyado ang mga ito sa Diyos. Dahil dito, hindi pa Niya nakita ang tunay na nilalaman ng kanilang puso, hindi pa Niya nakita sa mga taong ito ang anumang tunay na pagpipitagan sa Kanya, at, bukod pa ryan, hindi pa Niya nakita kung paano lumalakad ang mga taong ito sa Kanyang daan. Kung hindi pa rin natatamo ng Diyos ang gayong mga tao hanggang ngayon, matatamo ba Niya sila sa hinaharap? Hindi! Ipagpipilitan ba Niya ang mga bagay na hindi matatamo? Hindi! Ano, kung gayon, ang kasalukuyang saloobin ng Diyos sa gayong mga tao? (Tinatanggihan Niya sila at binabalewala.) Binabalewala Niya sila! Hindi pinakikinggan ng Diyos ang gayong mga tao; tinatanggihan Niya sila. Nakabisado na ninyo ang mga salitang ito nang napakabilis, at napakatumpak. Mukhang naunawaan na ninyo ang inyong narinig!

Ang ilang tao, kapag nagsisimula silang sumunod sa Diyos, ay musmos at

mangmang; hindi nila nauunawaan ang Kanyang kalooban, ni hindi nila alam kung ano ang paniniwala sa Kanya. Ginagamit nila ang naisip at maling paraan ng tao sa paniniwala at pagsunod sa Diyos. Kapag nahaharap ang gayong mga tao sa mga pagsubok, hindi nila namamalayan ito; nananatili silang manhid sa patnubay at kaliwanagan ng Diyos. Hindi nila alam ang ibig sabihin ng ibigay ang kanilang puso sa Diyos o ang ibig sabihin ng manindigan sa panahon ng isang pagsubok. Bibigyan ng Diyos ng limitadong oras ang gayong mga tao, at sa panahong ito, ipauunawa Niya sa kanila kung ano ang Kanyang mga pagsubok at kung ano ang Kanyang mga layunin. Pagkatapos, kailangang ipamalas ng mga taong ito ang kanilang pananaw. Para sa mga taong nasa yugtong ito, naghihintay pa rin ang Diyos. Tungkol naman sa mga taong may ilang pananaw subalit nag-aalinlangan pa rin, na nais ibigay ang kanilang puso sa Diyos ngunit hindi kayang gawin ito, at sinusubukan na magtago at sumuko kapag nahaharap sila sa malalaking pagsubok kahit naisagawa na nila ang ilang pangunahing katotohanan—ano ang saloobin ng Diyos sa kanila? Umaasa pa rin Siya nang kaunti sa kanila, at ang resulta ay nakasalalay sa kanilang saloobin at pagganap. Kung hindi aktibo sa pag-unlad ang mga tao, ano ang ginagawa ng Diyos? Isinusuko Niya sila. Ito ay dahil, bago sumuko ang Diyos sa iyo, sumuko ka na sa sarili mo. Kaya, hindi mo masisisi ang Diyos sa paggawa nito. Mali na nagkikimkim ka ng hinaing laban sa Diyos.

Ang Iba-ibang Kahihiyang Hatid ng Isang Praktikal na Tanong sa mga Tao

May isa pang uri ng tao na may lubhang nakalulungkot na kahihinatnan sa lahat; ito ang uri ng taong pinaka-ayaw Kong banggitin. Nakalulungkot sila hindi dahil natanggap nila ang kaparusahan ng Diyos, o dahil malupit ang Kanyang mga hinihingi sa kanila kaya nakalulungkot ang kanilang kinahihinatnan; sa halip, nakalulungkot sila dahil ginagawa nila ito mismo sa kanilang sarili. Tulad ng sabi sa karaniwang kasabihan, hinuhukay nila ang sarili nilang libingan. Anong uri ng tao ang gumagawa nito? Ang mga taong ito ay hindi tumatahak sa tamang landas, at inihayag nang maaga ang kanilang kahihinatnan. Sa mga mata ng Diyos, ang gayong mga tao ang pinakamalalaking pakay ng Kanyang pagkamuhi. Sabi nga ng mga tao, ang ganitong mga tao ang pinaka-nakakaawa sa lahat. Kapag nagsimulang sumunod sa Diyos ang gayong mga tao, napakasipag nila; marami silang isinasakripisyo, maganda ang opinyon nila sa mga inaasam ng gawain ng Diyos, at sagana sila sa imahinasyon pagdating sa sarili nilang hinaharap. Tiwala rin sila lalo na sa Diyos, na naniniwala na kaya Niyang gawing ganap ang mga tao at dalhin sila sa isang maluwalhating hantungan. Magkagayunman, anuman ang dahilan, ang taong ito ay tumatakas pagkatapos sa panahon ng gawain ng Diyos. Ano ang ibig sabihin ng “tumatakas” dito? Ang ibig sabihin nito ay naglaho sila nang walang paalam, ni walang sabi-sabi; umaalis sila nang walang kibo. Bagamat sinasabi ng mga taong iyon na naniniwala sila sa Diyos, kailanman ay talagang hindi

sila nagkaugat sa kanilang landas ng pananampalataya. Sa gayon, gaano man sila katagal na naniwala sa Kanya, kaya pa rin nilang tumalikod sa Diyos. Ang ilang tao ay umaalis para magnegosyo, ang ilan ay umaalis para mamuhay, ang ilan ay umaalis para magpayaman, at ang ilan ay umaalis para mag-asawa at magkaanak.... Sa mga umaalis, may ilan na kalaunan ay nakonsiyensya at nais bumalik, at may iba na nahihirapang makaraos at natatangay sa agos ng mundo sa loob ng maraming taon. Itong mga natatangay sa agos ay nagdaranas ng maraming pagdurusa, at naniniwala sila na ang pamamalagi sa mundo ay napakasakit at na hindi sila maaaring humiwalay sa Diyos. Nais nilang bumalik sa sambahayan ng Diyos para tumanggap ng ginhawa, kapayapaan, at galak, at nais nilang patuloy na maniwala sa Diyos upang matakasan ang kapahamakan, o upang maligtas at magkaroon ng magandang hantungan. Ito ay dahil naniniwala ang mga taong ito na ang pagmamahal ng Diyos ay walang hangganan, na ang Kanyang biyaya ay hindi nauubos. Inisip nila na anuman ang nagawa ng sinuman, dapat silang patawarin ng Diyos at maging mapagparaya ang Diyos sa kanilang nakaraan. Paulit-ulit na sinasabi ng mga taong ito na nais nilang bumalik at gawin ang kanilang tungkulin. Mayroon pang mga nagbibigay ng ilan sa kanilang mga pag-aari sa iglesia, sa pag-asang magbubukas ito ng daan pabalik sa sambahayan ng Diyos. Ano ang saloobin ng Diyos sa gayong mga tao? Paano Niya dapat ipasya ang kanilang kahihinatnan? Huwag kayong mag-atubiling magsalita. (Akala ko tatanggapin ng Diyos ang ganitong uri ng tao, ngunit matapos marinig iyan ngayon lang, palagay ko ay maaaring hindi Niya sila tanggapin.) Sabihin mo ang katwiran mo. (Lumalapit lamang sa Diyos ang gayong mga tao upang hindi kamatayan ang kanilang kahihinatnan. Hindi sila naniniwala sa Diyos dahil sa tunay na katapatan; lumalapit sila dahil alam nila na malapit nang matapos ang gawain ng Diyos, kaya mayroon silang maling akala na maaari silang lumapit at tumanggap ng mga pagpapala.) Sinasabi mo na hindi tapat na naniniwala ang mga taong ito sa Diyos, kaya hindi Niya sila maaaring tanggapin, tama ba? (Oo.) (Ang pagkaunawa ko ay na ang gayong mga tao ay mga mapagsamantala, at hindi sila tapat na naniniwala sa Diyos.) Hindi sila naniwala sa Diyos; mga mapagsamantala sila. Magaling ang pagkasabi mo! Ang mga mapagsamantalang ito ang uri ng tao na kinasusuklamang ng lahat. Naglalayag sila sa direksyon ng ihip ng hangin, at hindi sila nag-aabalang gumawa ng anuman maliban kung may mapapala sila roon, kaya siyempre pa, kasuklam-suklam sila! May iba pa bang kapatid na gustong magbahagi ng kanyang opinyon? (Hindi na sila tatanggapin ng Diyos, dahil malapit nang matapos ang Kanyang gawain, at ngayon ang panahon kung kailan itinatakda ang kahihinatnan ng mga tao. Sa panahong ito nais bumalik ng mga taong ito—hindi dahil talagang nais nilang hangarin ang katotohanan, kundi nakikita nila ang pagbaba ng mga kalamidad, o dahil naiimpluwensyahan sila ng mga panlabas na kadahilanan. Kung talagang layon nilang hangarin ang katotohanan, hindi sana sila tumakas kailanman sa gitna ng gawain ng Diyos.) May iba pa bang mga opinyon? (Hindi sila tatanggapin. Talagang nabigyan na sila ng Diyos ng mga pagkakataon, ngunit ipinagpilitan nilang

huwag Siyang pakinggan. Anuman ang layon ng mga taong ito, at kahit talagang magsisi sila, hindi pa rin sila hahayaan ng Diyos na bumalik. Ito ay dahil binigyan na sila ng Diyos ng napakaraming pagkakataon, ngunit naipamalas na nila ang kanilang saloobin: Nais nilang talikuran ang Diyos. Dahil dito, kung susubukin nilang bumalik ngayon, hindi sila tatanggapin ng Diyos.) (Sang-ayon ako na hindi tatanggapin ng Diyos ang ganitong uri ng tao, dahil kung nakita na ng isang tao ang tunay na daan, naranasan ang gawain ng Diyos sa loob ng napakahabang panahon, at nakakaya pa ring bumalik sa mundo at sa yakap ni Satanas, isang malaking pagkakanulo ito sa Diyos. Sa kabila ng katotohanan na ang diwa ng Diyos ay awa at pagmamahal, nakasalalay ito sa klase ng taong pinatutungkulan ng diwang iyan. Kung haharap ang taong ito sa Diyos na naghahanap ng ginhawa o naghahangad ng isang bagay na kanilang maaasahan, hindi talaga sila ang uri ng tao na tapat na naniniwala sa Diyos, at hanggang diyan lamang ang awa ng Diyos sa gayong mga tao.) Kung ang diwa ng Diyos ay awa, bakit hindi Niya binibigyan ng kaunti pa nito ang ganitong klaseng tao? Sa kaunti pang awa, hindi ba magkakaroon ng pagkakataon ang taong ito? Noong araw, madalas sabihin ng mga tao na nais ng Diyos na maligtas ang bawat tao at ayaw Niyang mapahamak ang sinuman; kung may nawawalang isa sa isandaang tupa, iiwan ng Diyos ang siyamnapu't siyam para hanapin ang isang nawawala. Ngayon, pagdating sa mga taong ito, dapat ba silang tanggapin ng Diyos at bigyan sila ng pangalawang pagkakataon dahil sa kanilang tapat na pananampalataya? Hindi talaga ito isang mahirap na tanong; napakasimple nito! Kung tunay ninyong nauunawaan ang Diyos at may tunay na kaalaman kayo tungkol sa Kanya, hindi na kailangan pa ang maraming paliwanag—at hindi na kailangan ang maraming haka-haka, tama ba? Tama ang inyong mga sagot, ngunit napakalayo pa rin nito sa saloobin ng Diyos.

Ngayon lamang, nagpahayag ng katiyakan ang ilan sa inyo na hindi posibleng tanggapin ng Diyos ang ganitong uri ng tao. Ang iba naman ay hindi gaanong malinaw, na iniisip na baka tanggapin sila ng Diyos o baka hindi—mas matimpi ang saloobing ito. Mayroon ding mga tao na ang pananaw ay na umaasa kayo na tatanggapin ng Diyos ang ganitong klaseng tao—mas malabo ang saloobing ito. Yaong mga nakatitiyak sa inyo sa inyong iniisip ay naniniwala na napakatagal nang gumagawa ng Diyos, at na tapos na ang Kanyang gawain, kaya hindi Niya kailangang maging mapagparaya sa mga taong ito; kung gayon, iniisip ninyo na hindi Niya sila muling tatanggapin. Naniniwala ang mga mas matimpi sa inyo na ang mga bagay na ito ay dapat na pangasiwaan ayon sa indibiduwal na mga sitwasyon; kung ang puso ng mga taong ito ay hindi maihiwalay sa Diyos, at tunay silang naniniwala sa Diyos at nagsisikap na matamo ang katotohanan, dapat kalimutan ng Diyos ang kanilang nakaraang mga kahinaan at kamalian—dapat Niyang patawarin ang mga taong ito, bigyan sila ng pangalawang pagkakataon, at hayaan silang bumalik sa Kanyang sambahayan at tanggapin ang Kanyang pagliligtas. Gayunman, kung minsan pang tatakas ang mga taong ito, aayawan na sila ng Diyos, at ang pagtalikod sa mga taong ito ay hindi

maituturing na kawalan ng katarungan. May isa pang grupong umaasa na matatanggap ng Diyos ang gayong tao. Medyo hindi nakatitiyak ang grupong ito kung talagang gagawin iyon ng Diyos o hindi. Kung naniniwala sila na dapat Niyang tanggapin ang ganitong klaseng tao, ngunit hindi Niya tinanggap, tila medyo hindi ito naaayon sa pananaw ng Diyos. Kung naniniwala sila na hindi dapat tanggapin ng Diyos ang gayong tao, at sinasabi ng Diyos na walang hangganan ang Kanyang pagmamahal sa mga tao at na handa Siyang bigyan ng isa pang pagkakataon ang ganitong klaseng tao, hindi ba isa itong halimbawa ng nalantad na kamangmangan ng tao? Ano't anuman, lahat kayo ay may sariling pananaw. Ang mga pananaw na ito ay isang klase ng kaalaman na nasa sarili ninyong isipan; sumasalamatin din ang mga ito sa lalim ng inyong pagkaunawa sa katotohanan at sa kalooban ng Diyos. Tamang sabihin ito, hindi ba? Kahanga-hanga na may mga opinyon kayo sa bagay na ito. Gayunman, nariyan pa rin ang tanong kung tama ba ang inyong mga opinyon. Medyo nag-aalala kayo, hindi ba? "Kung gayon ay ano ang tama? Hindi ko makita nang malinaw, at hindi ko alam talaga kung ano ang iniisip ng Diyos, at wala Siyang sinabing anuman sa akin. Paano ko malalaman kung ano ang Kanyang iniisip? Ang saloobin ng Diyos sa sangkatauhan ay pagmamahal. Batay sa saloobin Niya noong araw, dapat Niyang tanggapin ang gayong tao, ngunit hindi gaanong malinaw sa akin ang kasalukuyang saloobin ng Diyos; ang masasabi ko lamang ay siguro ay tatanggapin Niya ang taong ito, at siguro ay hindi." Nakakatawa ito, hindi ba? Talagang hindi ninyo masagot ang tanong na ito. Kung wala kayong tamang pananaw tungkol sa bagay na ito, ano ang gagawin ninyo kapag naharap talaga ang inyong iglesia sa gayong tao? Kung hindi ninyo mapangasiwaan nang tama ang sitwasyon, maaari kayong magkasala sa Diyos. Hindi ba mapanganib na gawain ito?

Bakit nais Kong magtanong tungkol sa inyong mga pananaw hinggil sa bagay na binanggit Ko? Nais Kong suriin ang inyong mga pananaw, suriin kung gaano karami ang kaalaman ninyo tungkol sa Diyos, at kung gaano ang nauunawaan ninyo sa Kanyang mga layunin. Ano ang sagot? Ang sagot ay nasa inyong mga pananaw mismo. Ang ilan sa inyo ay napaka-konserbatibo, at ang ilan sa inyo ay gumagamit ng inyong mga imahinasyon para manghula. Ano ang "paghula"? Ang ibig sabihin nito ay kapag hindi ninyo mahiwatigan kung paano mag-isip ang Diyos, at sa gayon ay nagbubuo kayo ng walang-batayang sapantaha na dapat mag-isip ang Diyos sa ibang paraan; hindi ninyo talaga alam mismo kung tama kayo o mali, kaya nagsasabi kayo ng malabong pananaw. Nahaharap sa katunayang ito, ano ang nakita ninyo? Sa pagsunod sa Diyos, bihirang pansinin ng mga tao ang Kanyang kalooban, at bihira nilang pansinin ang Kanyang mga iniisip at Kanyang saloobin sa mga tao. Hindi nauunawaan ng mga tao ang mga iniisip ng Diyos, kaya, kapag tinatanong kayo tungkol sa Kanyang mga layunin at disposisyon, nalilito kayo; lubha kayong nawawalan ng katiyakan, at pagkatapos ay nanghuhula kayo o nakikipagsapalaran. Anong uri ng pag-iisip ito? Pinatutunayan nito ang isang katotohanan: na karamihan sa mga tao na naniniwala sa Diyos ay itinuturing Siyang

walang halaga at isang bagay na tila umiiral nang isang minuto at nawawala sa susunod. Bakit Ko sinasabi ito nang ganito? Dahil tuwing nahaharap kayo sa isang problema, hindi ninyo alam ang kalooban ng Diyos. Bakit hindi ninyo alam ang Kanyang kalooban? Hindi lamang ngayon, kundi mula simula hanggang katapusan, hindi ninyo alam ang saloobin ng Diyos sa problemang ito. Hindi mo ito maarok at hindi mo alam kung ano ang saloobin ng Diyos, ngunit napag-isipan mo ba ito nang husto? Naghangad ka na bang malaman iyon? Nakapagbahaginan ka na ba tungkol doon? Hindi! Pinagtitiyay nito ang isang katunayan: Ang Diyos na iyong pinaniniwalaan ay walang kaugnayan sa Diyos ng realidad. Sa iyong paniniwala sa Diyos, pinagninilayan mo lamang ang sarili mong mga layunin at ng iyong mga lider; iniisip mo lamang ang mabababaw at doktrinal na kahulugan ng mga salita ng Diyos, nang hindi tunay na nagsisikap na alamin o hangarin man lamang ang kalooban ng Diyos. Hindi ba ganito iyon? Ang diwa ng bagay na ito ay medyo nakakakilabot! Makalipas ang napakaraming taon, nakita Ko na ang maraming tao na naniniwala sa Diyos. Ano ang nabago ng kanilang paniniwala sa Diyos sa kanilang isipan? Naniniwala ang ilang tao sa Diyos na para bang wala Siyang halaga. Walang sagot ang mga taong ito sa mga tanong tungkol sa pag-iral ng Diyos, dahil hindi nila nadarama ni nararamdaman ang Kanyang presensya o pagkawala, lalo nang hindi nila nakikita nang malinaw o nauunawaan ito. Hindi nila namamalayan, iniisip ng mga taong ito na hindi umiiral ang Diyos. Naniniwala ang iba pa sa Diyos na para bang Siya ay isang tao. Iniisip ng mga taong ito na hindi Niya kayang gawin ang lahat ng bagay na hindi rin nila kayang gawin, at na dapat Siyang mag-isip kung paano sila mag-isip. Ang pakahulugan nila sa Diyos ay “isang taong hindi nakikita at hindi nahahawakan.” Mayroon ding isang grupo ng mga tao na naniniwala sa Diyos na para bang Siya ay isang tau-tauhan; naniniwala ang mga taong ito na walang damdamin ang Diyos. Iniisip nila na ang Diyos ay isang rebultong gawa sa luwad, at na kapag naharap sa isang isyu, ang Diyos ay walang saloobin, pananaw, o mga ideya; naniniwala sila na Siya ay minamanipula ng sangkatauhan. Naniniwala lamang ang mga tao kung paano nila gustong maniwala. Kung ginagawa nila Siyang dakila, Siya ay dakila; kung ginagawa nila Siyang maliit, Siya ay maliit. Kapag nagkakasala ang mga tao at kailangan nila ang awa, pagpaparaya, at pagmamahal ng Diyos, ipinapalagay nila na dapat ipaabot ng Diyos ang Kanyang awa. Nag-iimbento ang mga taong ito ng isang “Diyos” sa sarili nilang isipan, at pagkatapos ay ginagawa ang “Diyos” na ito na tuparin ang kanilang mga kahilingan at palugurin ang lahat ng pagnanasa nila. Kailan man o saan man, at anuman ang ginagawa ng gayong mga tao, gagamitin nila ang kahibangang ito sa pagtrato nila sa Diyos at sa kanilang pananampalataya. Mayroon pa ngang mga tao, matapos galitin ang disposisyon ng Diyos, na naniniwala pa rin na maaari Niya silang iligtas, dahil ipinapalagay nila na ang pagmamahal ng Diyos ay walang hangganan at ang Kanyang disposisyon ay matuwid, at gaano man magkasala ang mga tao sa Diyos, hindi Niya aalalahanin ang anuman dito. Iniisip nila na yamang ang mga pagkakamali ng tao, mga pagkakasala ng tao, at mga pagsuway ng tao ay

pansamantalang mga pagpapahayag ng disposisyon ng isang tao, bibigyan ng Diyos ng mga pagkakataon ang mga tao, at magpaparaya at magpapasensya sa kanila; naniniwala sila na mamahalin pa rin sila ng Diyos tulad ng dati. Sa gayon, nananatiling malaki ang kanilang pag-asa na magtamo ng kaligtasan. Sa katunayan, paano man naniniwala ang mga tao sa Diyos, basta't hindi nila sinisikap na matamo ang katotohanan, negatibo pa rin ang Kanyang saloobin sa kanila. Ito ay dahil habang sumasampalataya ka sa Diyos, bagamat nakuha at napahalagahan mo na ang aklat ng mga salita ng Diyos, at pinag-aaralan at binabasa mo ito araw-araw, isinasantabi mo ang tunay na Diyos. Itinuturing mo Siyang walang halaga, o isang tao lamang—at ang ilan sa inyo ay itinuturing Siyang isang tau-tauhan lamang. Bakit Ko ito sinasabi sa ganitong paraan? Ginagawa Ko iyon dahil ang tingin Ko rito, nahaharap ka man sa isang problema o sa isang sitwasyon, ang mga bagay na umiiral sa likod ng iyong isipan, ang mga bagay na nabubuo sa iyong kalooban, ay hindi kailanman nagkaroon ng anumang kaugnayan sa mga salita ng Diyos o sa pagsisikap na matamo ang katotohanan. Alam mo lamang kung ano ang iniisip mo mismo, kung ano ang sarili mong pananaw, at pagkatapos ay ipinipilit mo ang sarili mong mga ideya at opinyon sa Diyos. Sa iyong isipan nagiging mga pananaw ng Diyos ang mga ito, at ginagawa mong mga pamantayan ang mga pananaw na ito na walang-sawa mong pinaninindigan. Sa paglipas ng panahon, ang pagpapatuloy nang ganito ay lalong maglalayo sa iyo sa Diyos.

Unawain ang Saloobin ng Diyos at Isantabi ang Lahat ng Maling Akala Tungkol sa Diyos

Anong uri ba talaga ng Diyos itong Diyos na kasalukuyan ninyong pinaniniwalaan? Napag-isipan na ba ninyo ito? Kapag nakakakita Siya ng isang masamang tao na gumagawa ng masasamang bagay, kinamumuhian ba Niya ito? (Oo, kinamumuhian Niya.) Ano ang Kanyang saloobin kapag nakikita Niyang nagkakamali ang mga taong mangmang? (Kalungkutan.) Kapag nakikita Niyang ninanakaw ng mga tao ang mga handog sa Kanya, ano ang Kanyang saloobin? (Kinamumuhian Niya sila.) Napakalinaw ng lahat ng ito. Kapag nakikita Niya ang tao na nalilito sa kanilang paniniwala sa Kanya, na hindi nagsisikap na malaman ang katotohanan, ano ang saloobin ng Diyos? Hindi kayo masyadong nakatitiyak, hindi ba? Ang “pagkalito,” bilang isang saloobin, ay hindi isang kasalanan, ni hindi nito sinasaktan ang Diyos, at nadarama ng mga tao na hindi ito isang uri ng malaking pagkakamali. Kaya, sabihin ninyo sa Akin—ano ang saloobin ng Diyos sa sitwasyong ito? (Ayaw Niyang kilalanin ang mga ito.) “Ayaw kilalanin ang mga ito”—anong uri ng saloobin ito? Ang ibig sabihin nito ay mababa ang tingin ng Diyos sa mga taong ito at kinasusuklaman sila! Ang paraan ng pakikitungo Niya sa gayong mga tao ay ipinagwawalang-bahala Niya sila. Ang paraan ng Diyos ay ang isantabi sila, hindi Siya nag-aabalang gumawa ng anuman sa kanila, at kabilang diyan ang gawain ng pagbibigay-liwanag, pagtatanglaw, pagtutuwid, at pagdidisiplina. Ang gayong mga tao ay talagang hindi kabilang sa gawain ng Diyos. Ano ang saloobin ng Diyos doon sa

mga nagpapagalit sa Kanyang disposisyon at lumalabag sa Kanyang mga atas administratibo? Matinding pagkasuklam! Matindi ang galit ng Diyos sa mga taong hindi nagsisisi tungkol sa pagpapagalit sa Kanyang disposisyon! Ang “matinding galit” ay isang damdamin lamang, isang pakiramdam; hindi ito katumbas ng isang malinaw na saloobin. Gayunman, ang damdaming ito—ang pakiramdam na ito—ay magdudulot ng isang kahihinatnan para sa gayong mga tao: Pupunuin nito ng matinding pagkamuhi ang Diyos! Ano ang ibubunga ng matinding pagkamuhing ito? Isasantabi ng Diyos ang mga taong ito at pansamantala Siyang hindi tutugon sa kanila. Pagkatapos ay hihintayin Niyang maiayos sila “pagkaraan ng taglagas.” Ano ang ipinahihiwatig nito? May kahihinatnan pa rin ba ang mga taong ito? Hindi kailanman nilayon ng Diyos na bigyan ng anumang kahihinatnan ang gayong mga tao! Samakatuwid, hindi ba normal na normal na hindi tumutugon ngayon ang Diyos sa gayong mga tao? (Oo, normal iyan.) Ano ang dapat paghandaang gawin ng gayong mga tao? Dapat silang maghandang tiisin ang mga negatibong ibubunga ng kanilang pag-uugali at ng mga kasamaang nagawa nila. Ito ang tugon ng Diyos sa gayong tao. Kaya, malinaw Kong sinasabi ngayon sa gayong mga tao: Huwag na kayong kumapit sa inyong mga kahibangan, at huwag na kayong mag-abala sa anumang iniisip ninyong mithiin. Hindi magpaparaya ang Diyos sa mga tao nang walang-katapusan; hindi Niya titiisin ang kanilang mga paglabag o pagsuway magpakailanman. Sasabihin ng ilang tao, “Nakakita na rin ako ng ilang taong ganoon, at kapag nagdarasal sila, nadarama nila na lalo silang naaantig ng Diyos, at pagkatapos ay mapait silang lumuluha. Karaniwan ay napakasaya rin nila; parang nasa presensya sila ng Diyos at pinapatnubayan sila ng Diyos.” Huwag ninyong sabihin ang walang katuturang iyan! Ang mapapait na luha ay hindi nangangahulugan na ang isang tao ay naaantig ng Diyos o natatamasa ang presensya ng Diyos, lalo na ang patnubay ng Diyos. Kung ginagalit ng mga tao ang Diyos, gagabayan pa rin ba Niya sila? Sa madaling salita, kapag nakapagpasya ang Diyos na alisin at pabayaang ang isang tao, wala nang kahihinatnan ang taong iyon. Gaano man kaganda ang kanilang pakiramdam kapag nagdarasal sila, o gaano man kalaki ang kanilang pananampalataya sa Diyos sa kanilang puso, hindi na mahalaga iyon. Ang mahalaga ay na hindi kailangan ng Diyos ang ganitong klaseng pananampalataya; natanggihan na Niya ang mga taong ito. Kung paano sila pakikitunguhan sa hinaharap ay hindi rin mahalaga. Ang mahalaga ay na sa mismong sandali na galitin ng mga taong ito ang Diyos, nakatakda na ang kanilang kahihinatnan. Kung naipasya na ng Diyos na huwag iligtas ang gayong mga tao, maiiwanan sila upang parusahan. Ito ang saloobin ng Diyos.

Bagamat may elemento ng pagmamahal ang diwa ng Diyos, at maawain Siya sa bawat isang tao, nakaligtaan at nalimutan ng mga tao ang katotohanan na may dignidad din ang Kanyang diwa. Hindi komo may pagmamahal Siya ay maaari na Siyang saktan nang buong laya ng mga tao, nang walang pinupukaw na damdamin o reaksiyon sa Kanya, ni hindi nangangahulugan na komo may awa Siya ay wala na Siyang mga prinsipyo sa pagtrato Niya sa mga tao. Ang Diyos ay buhay; Siya ay tunay na umiiral.

Hindi Siya isang kathang-isip na tau-tauhan ni anupamang ibang bagay. Dahil Siya ay umiiral, dapat tayong makinig na mabuti sa tinig ng Kanyang puso sa lahat ng oras, pansinin nating mabuti ang Kanyang saloobin, at unawain natin ang Kanyang damdamin. Hindi natin dapat gamitin ang mga imahinasyon ng tao para tukuyin ang Diyos, ni hindi natin dapat igiit ang mga iniisip o ninanais ng tao sa Kanya, na nagiging sanhi upang tratuhin ng Diyos ang mga tao sa paraan ng tao batay sa mga imahinasyon ng tao. Kung gagawin mo ito, gagalitin mo ang Diyos, bubuyuhin mo Siyang mapoot, at hahamunin mo ang Kanyang dignidad! Sa gayon, kapag naunawaan na ninyo ang katindihan ng bagay na ito, hinihimok Ko ang bawat isa sa inyo na maging maingat at mahinahon sa inyong mga kilos. Maging maingat at mahinahon din sa inyong pananalita—patungkol sa pagtrato ninyo sa Diyos, mas maingat at mahinahon kayo, mas mabuti! Kapag hindi mo nauunawaan kung ano ang saloobin ng Diyos, iwasang magsalita nang walang-ingat, huwag magpadalus-dalos sa iyong mga kilos, at huwag basta-basta magbansag. Ang mas mahalaga pa, huwag magsalita nang patapos na walang batayan. Sa halip, dapat kang maghintay at maghanap; ang mga kilos na ito ay pagpapahayag din ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan. Higit sa lahat, kung magagawa mo ito, at higit sa lahat, kung angkin mo ang saloobing ito, hindi ka sisisihin ng Diyos sa iyong kahangalan, kamangmangan, at kawalan ng pang-unawa sa mga dahilan sa likod ng mga bagay-bagay. Sa halip, dahil sa iyong saloobing takot na magkasala sa Diyos, paggalang sa Kanyang mga layunin, at kahandaang sundin Siya, aalalahanin ka ng Diyos, gagabayan at liliwanagan ka, o magpaparaya Siya sa iyong kakulangan sa gulang at kamangmangan. Sa kabilang dako, kapag nawalan ka ng pitagan sa Kanya—na hinuhusgahan Siya ayon sa gusto mo o hinuhulaan at tinutukoy mo nang di-makatwiran ang Kanyang mga ideya—isusumpa ka ng Diyos, didisiplinahin ka, at parurusahan ka pa; o, maaari Siyang magkomento sa iyo. Marahil ay kasama ang iyong kahihinatnan sa komentong ito. Samakatuwid, nais Kong minsan pang bigyang-diin: Dapat maging maingat at mahinahon ang bawat isa sa inyo tungkol sa lahat ng bagay na nagmumula sa Diyos. Huwag kayong magsalita nang walang ingat, at huwag magpadalus-dalos sa inyong mga kilos. Bago ka magsalita ng anuman, dapat kang tumigil at mag-isip: Magagalit ba ang Diyos sa kilos kong ito? Sa paggawa nito, nagpipitagan ba ako sa Diyos? Kahit sa mga simpleng bagay, dapat mo pa ring subuking unawain ang mga tanong na ito, at gumugol ng mas maraming oras sa pag-iisip tungkol sa mga ito. Kung talagang makapagsasagawa ka ayon sa mga prinsipyong ito sa lahat ng aspeto, sa lahat ng bagay, sa lahat ng oras, at magkaroon ka ng gayong saloobin lalo na kapag mayroon kang hindi nauunawaan, lagi kang gagabayan ng Diyos at bibigyan ka ng isang landas na susundan. Anumang pagganap ang ipinapakita ng mga tao, nakikita ng Diyos ang mga iyon nang malinaw at maliwanag, at mag-aalok Siya ng isang tumpak at angkop na pagsusuri sa mga ipinapakita mong ito. Matapos mong pagdaanan ang huling pagsubok, kukunin ng Diyos ang lahat ng pag-uugali mo at ibubuod ang mga ito nang ganap upang maipasya ang iyong

kahihinatnan. Ang resultang ito ay kukumbinsihin ang bawat isang tao nang walang anumang pagdududa. Ang gusto Kong sabihin sa inyo rito ay ito: Ang bawat gawa ninyo, bawat kilos ninyo, at bawat iniisip ninyo ang nagpapasya sa inyong kapalaran.

Sino ang Nagpapasya sa Kahihinatnan ng mga Tao?

May isa pang bagay na napakahalagang talakayin, at ito ay ang saloobin ninyo sa Diyos. Ang saloobing ito ay napakahalaga! Ito ang nagpapasya kung sa huli ay patungo kayo sa pagkawasak o sa isang magandang hantungang naihanda ng Diyos para sa inyo. Sa Kapanahunan ng Kaharian, gumawa na ang Diyos ng mahigit dalawampung taon, at marahil, sa paglipas ng dalawang dekadang ito, sa inyong kaibuturan ay hindi kayo gaanong nakatitiyak tungkol sa inyong pagganap. Gayunman, sa puso ng Diyos, gumawa na Siya ng isang tunay at matapat na talaan ng bawat isa sa inyo. Mula nang magsimulang sumunod sa Kanya ang bawat tao at makinig sa Kanyang mga sermon, na unti-unting mas lalong nauunawaan ang katotohanan, at hanggang sa panahon na bawat tao ay nagsimulang tuparin ang kanilang mga tungkulin, nag-ingat na ng talaan ang Diyos tungkol sa lahat ng pamamaraan ng pagsasagawang nagawa ng bawat tao. Habang tinutupad ang kanilang mga tungkulin at nahaharap sa lahat ng uri ng sitwasyon at pagsubok, ano ang mga saloobin ng mga tao? Paano sila gumaganap? Ano ang nadarama nila sa Diyos sa kanilang puso? ... May ulat ang Diyos ng lahat ng ito; may talaan Siya ng lahat ng ito. Marahil, mula sa inyong pananaw, nakalilito ang mga isyung ito. Gayunman, mula sa kinatatayuan ng Diyos, kasinglinaw ng kristal ang mga ito, at wala ni katiting na pahiwatig ng kawalang-ingat. Ito ay isang isyu na nauugnay sa kahihinatnan ng bawat tao, at binabanggit ang kapalaran at mga inaasam din ng mga tao sa hinaharap, at higit pa ryan, dito ginugugol ng Diyos ang lahat ng Kanyang napakaingat na mga pagsisikap; samakatuwid, hindi ito kaliligtaan ng Diyos ni bahagya, ni hindi Siya nagpaparaya sa anumang kawalang-ingat. Gumagawa ng isang talaan ang Diyos tungkol sa salaysay na ito ng sangkatauhan, na itinatala ang buong landasin ng mga tao sa kanilang pagsunod sa Diyos, mula simula hanggang wakas. Ang saloobin mo sa Kanya sa panahong ito ang nagpasya sa iyong kapalaran. Hindi ba totoo ito? Ngayon, naniniwala ka ba na ang Diyos ay matuwid? Angkop ba ang Kanyang mga kilos? Mayroon pa rin ba kayong anumang iba pang mga imahinasyon tungkol sa Diyos sa inyong isipan? (Wala.) Kung gayon ay sasabihin ba ninyo na ang Diyos ang nagpapasya sa kahihinatnan ng mga tao, o ang mga tao ang nagpapasya sa sarili nila? (Diyos ang nagpapasya nito.) Sino ang nagpapasya sa mga ito? (Ang Diyos.) Hindi kayo sigurado, hindi ba? Mga kapatid mula sa Hong Kong, magsalita kayo—sino ang nagpapasya sa mga ito? (Mga tao mismo ang nagpapasya nito.) Mga tao ba mismo ang nagpapasya nito? Nangangahulugan ba iyan na walang kinalaman sa Diyos ang kahihinatnan ng mga tao? Mga kapatid mula sa South Korea, magsalita kayo. (Diyos ang nagpapasya sa kahihinatnan ng mga tao batay sa lahat ng kanilang kilos at gawa, at alinsunod sa landas na kanilang tinatahak.) Napakamakatarungan ng sagot na ito.

May isang katotohanan dito na kailangan Kong ipaalam sa inyong lahat: Sa panahon ng gawain ng pagliligtas ng Diyos, nagtakda na Siya ng isang pamantayan para sa mga tao. Ang pamantayang ito ay na kailangan nilang makinig sa salita ng Diyos at lumakad sa daan ng Diyos. Ang pamantayang ito ang ginagamit para timbangin ang kahihinatnan ng mga tao. Kung nagsasagawa ka alinsunod sa pamantayang ito ng Diyos, maaari kang magtamo ng magandang kahihinatnan; kung hindi naman, hindi ka magtatamo ng magandang kahihinatnan. Sino, kung gayon, ang masasabi mong nagpapasya sa kahihinatnang ito? Hindi lamang ang Diyos ang nagpapasya nito, kundi sa halip ay ang Diyos at ang mga tao nang magkasama. Tama ba ito? (Oo.) Bakit ganoon? Dahil ang Diyos ang aktibong nagnanais na maging abala sa gawain ng pagliligtas sa sangkatauhan at maghanda ng isang magandang hantungan para sa sangkatauhan; ang mga tao ang mga pakay ng gawain ng Diyos, at ang kahihinatnang ito, ang hantungang ito, ang inihahanda ng Diyos para sa kanila. Kung wala Siyang mga pakay na tutuparin, hindi Niya kailangang gawin ang gawaing ito; kung hindi Niya ginagawa ang gawaing ito, hindi magkakaroon ng pagkakataon ang mga tao na magtamo ng kaligtasan. Ang mga tao ang ililigtas, at bagamat ang maligtas ay ang pasibong bahagi ng proseso, ang saloobin ng mga gumaganap sa bahaging ito ang nagpapasya kung magtatagumpay ang Diyos o hindi sa Kanyang gawaing iligtas ang sangkatauhan. Kung hindi sa patnubay na ibinibigay ng Diyos sa iyo, hindi mo malalaman ang Kanyang pamantayan, ni hindi ka magkakaroon ng obhektibo. Kung ganito ang iyong pamantayan, ang iyong obhektibo, subalit hindi ka pa rin nakikipagtulungan, nagsasagawa, o nagbabayad ng halaga, hindi mo matatamo ang kahihinatnang ito. Dahil dito, sinasabi Ko na ang kahihinatnan ng isang tao ay hindi maihihiwalay sa Diyos, at hindi rin ito maihihiwalay sa tao. Kung gayon, alam na ninyo ngayon kung sino ang nagpapasya sa kahihinatnan ng tao.

Kadalasang Ipinapakahulugan ng mga Tao ang Diyos Batay sa Karanasan

Kapag nag-uusap-usap tungkol sa paksa ng pagkilala sa Diyos, mayroon ba kayong napansin? Napansin ba ninyo na nagkaroon na ng pagbabago ang Kanyang saloobin sa mga panahong ito? Hindi ba maaaring baguhin ang Kanyang saloobin ukol sa mga tao? Lagi ba Siyang magtitiis na kagaya nito, na ipinapaabot nang walang hangganan ang Kanyang pagmamahal at awa sa pagtataksil ng mga tao? Ang bagay na ito ay nauugnay rin sa diwa ng Diyos. Balikan natin ang tanong tungkol sa tinatawag na alibughang anak na binanggigit dati. Matapos itanong iyon, hindi masyadong malinaw ang mga sagot ninyo; sa madaling salita, wala pa rin kayong matibay na pagkaunawa tungkol sa mga layunin ng Diyos. Nang malaman na mahal ng Diyos ang sangkatauhan, itinuturing nila Siya na isang simbolo ng pagmamahal: Naniniwala sila na anuman ang ginagawa ng mga tao, paano man sila kumikilos, paano man nila tinatrato ang Diyos, at gaano man sila kasuwail, wala sa mga ito ang mahalaga, sapagkat ang Diyos ay may

pagmamahal, at ang Kanyang pagmamahal ay walang hangganan at hindi masusukat; ang Diyos ay may pagmamahal, kaya maaari Siyang maging mapagparaya sa mga tao; at ang Diyos ay may pagmamahal, kaya maaari Siyang maging maawain sa mga tao, maawain sa kanilang pagiging isip-bata, maawain sa kanilang kamangmangan, at maawain sa kanilang pagsuway. Ganito ba talaga ito? Para sa ilang tao, kapag naranasan na nilang minsan o kahit ilang beses ang pasensya ng Diyos, ituturing nila ang mga karanasang ito bilang puhunan sa kanilang sariling pagkaunawa sa Diyos, naniniwala na magiging mapagpasensya at maawain Siya sa kanila magpakailanman, at pagkatapos, habang nabubuhay sila, itinuturing nila ang pasensyang ito ng Diyos at isinasaalang-alang bilang pamantayan ng Kanyang pagtrato sa kanila. May mga tao rin na, matapos maranasan nang minsan ang pagpaparaya ng Diyos, ay magpakailanman ipapakahulugan ang Diyos na mapagparaya—at sa kanilang isipan, ang pagpaparayang ito ay walang hangganan, walang kondisyon, at lubos pa ngang walang prinsipyo. Tama ba ang ganitong mga paniniwala? Tuwing tinatalakay ang mga bagay tungkol sa diwa o disposisyon ng Diyos, tila nalilito kayo. Lubha Akong nababalisa kapag nakikita Ko kayong ganito. Marami na kayong narinig na katotohanan tungkol sa diwa ng Diyos; nakinig na rin kayo sa maraming talakayan tungkol sa Kanyang disposisyon. Gayunman, sa inyong isipan, ang mga isyung ito at ang katotohanan ng mga aspetong ito ay mga alaala lamang na batay sa teorya at nakasulat na mga salita; sa inyong pang-araw-araw na buhay, walang sinuman sa inyo ang nakaranas o nakakita kailanman sa kung ano ba talaga ang disposisyon ng Diyos. Sa gayon, naguguluhan kayong lahat sa inyong mga paniniwala; lahat kayo ay pikit-matang naniniwala, hanggang sa puntong wala na kayong pagpipitagan sa Diyos at binabalewala pa ninyo Siya. Saan humahantong ang pagkakaroon ninyo ng ganitong klase ng saloobin tungo sa Diyos? Humahantong ito sa palagi ninyong paggawa ng mga konklusyon tungkol sa Diyos. Kapag nagkaroon na kayo ng kaunting kaalaman, masyado na kayong nasisiyahan, na para bang natamo na ninyo ang Diyos sa Kanyang kabuuan. Pagkatapos, ipinapalagay ninyo na ganito ang Diyos, at hindi ninyo Siya hinahayaang kumilos nang malaya. Bukod pa ryan, tuwing may ginagawang bago ang Diyos, sadyang ayaw ninyong tanggapin na Siya ay Diyos. Balang araw, kapag sinabi ng Diyos na, “Hindi Ko na mahal ang sangkatauhan; hindi na Ako maaawa sa mga tao; wala na Akong anumang pagpaparaya o pasensya sa kanila; punung-puno na Ako ng matinding pagkamuhi at pagkainis sa kanila,” ang gayong mga pahayag ay magsasanhi ng pagtatalo sa kaibuturan ng puso ng mga tao. Sasabihin pa ng ilan sa kanila, “Hindi na Ikaw ang Diyos ko; hindi na Ikaw ang Diyos na nais kong sundin. Kung ganito ang sinasabi Mo, hindi Ka na karapat-dapat na maging Diyos ko, at hindi ko na kailangang patuloy na sumunod sa Iyo. Kung hindi Mo ako kaaawaan, mamahalin, at pagpaparayaan, titigil na ako sa pagsunod sa Iyo. Kung nagpaparaya Ka sa akin nang walang hangganan, lagi Kang nagpapasensya sa akin, at tinutulutan Mo akong makita na Ikaw ay pagmamahal, na Ikaw ay pagpapasensya, at na Ikaw ay pagpaparaya, saka lamang Kita masusunod, at saka lamang ako magkakaroon ng

tiwala na sumunod sa Iyo hanggang wakas. Dahil nagpapasensya at naaawa Ka sa akin, maaaring mapatawad ang aking pagsuway at aking mga paglabag nang walang hangganan, at maaari akong magkasala kailanman at saanman, mangumpisal at mapatawad kailanman at saanman, at galitin Ka kailanman at saanman. Hindi Ka dapat magkaroon ng anumang mga opinyon o gumawa ng anumang mga konklusyon tungkol sa akin.” Bagamat walang isa man sa inyo ang maaaring mag-isip tungkol sa ganitong uri ng isyu nang pansarili o sadya, tuwing itinuturing mong kasangkapan ang Diyos na gagamitin para mapatawad ka sa iyong mga kasalanan o isang bagay na gagamitin para magtamo ng magandang hantungan, bahagya mo nang nagawa ang buhay na Diyos bilang kakontra mo, bilang kaaway mo. Ito ang nakikita Ko. Maaari mong patuloy na sabihin ang mga bagay na tulad ng, “Naniniwala ako sa Diyos,” “Hinahangad ko ang katotohanan,” “Nais kong baguhin ang aking disposisyon,” “Nais kong makawala sa impluwensya ng kadiliman,” “Nais kong palugurin ang Diyos,” “Nais kong magpasakop sa Diyos,” “Nais kong maging tapat sa Diyos, at gawin nang maayos ang aking tungkulin,” at iba pa. Gayunman, gaano man katamis pakinggan ang iyong mga salita, gaano man karami ang teoryang maaaring alam mo, at gaano man kahanga-hanga o karangal ang teoryang iyon, ang totoo ay na marami na sa inyo ang natuto na kung paano gamitin ang mga regulasyon, doktrina, at teoryang napagdalubhasaan ninyo upang gumawa ng mga konklusyon tungkol sa Diyos, sa gayon ay likas ninyo Siyang ginagawang kakontra ninyo. Bagamat maaaring napagdalubhasaan mo na ang mga titik at mga doktrina, hindi ka pa talaga nakapasok sa realidad ng katotohanan, kaya napakahirap para sa iyo ang makalapit sa Diyos, makilala Siya, at maunawaan Siya. Lubhang nakakalungkot iyan!

Nakita Ko ang sumusunod na tagpo sa isang video: Ang ilang kapatid na babae ay may kopya ng Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao, at hawak nila ito nang napakataas; itinataas nila ang aklat sa kalagitnaan nila, nang mas mataas kaysa kanilang ulo. Bagamat isang imahe lamang ito, ang pinukaw nito sa Aking kalooban ay hindi isang imahe; sa halip, dahil dito ay naisip Ko na ang itinataas ng bawat tao sa kanyang puso ay hindi ang salita ng Diyos, kundi ang aklat ng salita ng Diyos. Lubhang nakakalungkot ang bagay na ito. Ang gayong pagkilos ay hindi kapareho ni anuman ng pagtataas sa Diyos, dahil umabot na ang kawalan ninyo ng pagkaunawa sa Diyos sa puntong kahit sa isang napakalinaw na tanong, sa isang napakaliit na isyu, ay nakakabuo kayo ng sarili ninyong mga kuru-kuro. Kapag may mga hinihingi Ako sa inyo, at seryoso Ako sa inyo, tumutugon kayo ng haka-haka at sarili ninyong mga imahinasyon; ang ilan sa inyo ay may duda pa nga ang tono at sinasagot ng mga tanong ang Aking mga tanong. Mas malinaw pa nitong sinasabi sa Akin na ang Diyos na inyong pinaniniwalaan ay hindi ang tunay na Diyos. Matapos basahin ang mga salita ng Diyos sa loob ng maraming taon, ginagamit ninyo ang mga ito, ang gawain ng Diyos, at higit pang mga doktrina para minsan pang gumawa ng mga konklusyon tungkol sa Kanya. Bukod pa ryan, hindi ninyo sinusubukan kailanman na unawain ang Diyos;

hindi ninyo sinisikap kailanman na alamin ang Kanyang mga layunin, unawain ang Kanyang saloobin ukol sa mga tao, o unawain kung paano mag-isip ang Diyos, bakit Siya malungkot, bakit Siya galit, bakit Siya namumuhi sa mga tao, at iba pang gayong mga tanong. Bukod pa ryan, mas marami pang ibang tao ang naniniwala na noon pa man ay tahimik na ang Diyos dahil pinanonood lamang Niya ang iba't ibang kilos ng sangkatauhan, nang walang saloobin o mga ideya tungkol sa mga ito. Gayunman naniniwala ang isa pang grupo ng mga tao na hindi bumibigkas ng anumang tunog ang Diyos dahil hindi na Siya tutol, na nananatiling tahimik dahil naghihintay Siya o dahil wala Siyang saloobin; iniisip nila na dahil ang saloobin ng Diyos ay lubos nang naipaliwanag sa aklat, at naipahayag na ang kabuuan nito sa sangkatauhan, samakatuwid ay hindi na kailangang paulit-ulit na sabihin iyon sa mga tao. Bagamat tahimik ang Diyos, mayroon pa rin Siyang saloobin at pananaw, gayundin ng isang pamantayang hinihingi Niya sa mga tao na maabot. Bagamat hindi Siya sinisikap na unawain o hanapin ng mga tao, napakalinaw ng saloobin ng Diyos. Isipin ang isang tao na minsan ay masigasig na sumunod sa Diyos, kaya lamang, sa isang punto, ay tinalikuran Siya at umalis. Kung nanaisin ng taong ito na bumalik ngayon, ang nakakagulat, hindi ninyo alam ang magiging pananaw ng Diyos, o kung ano ang Kanyang magiging saloobin. Hindi ba lubhang nakakalungkot iyan? Ang totoo ay medyo mababaw na bagay ito. Kung tunay ninyong nauunawaan ang puso ng Diyos, malalaman ninyo ang Kanyang saloobin sa ganitong klaseng tao, at hindi kayo magbibigay ng hindi maliwanag na sagot. Dahil hindi ninyo alam, hayaan ninyong ituro Ko ito sa inyo.

Ang Saloobin ng Diyos sa mga Tumatakas sa Panahon ng Kanyang Gawain

May ganitong mga tao kahit saan: Pagkatapos nilang makatiyak tungkol sa daan ng Diyos, sa iba-ibang dahilan, tahimik silang lumilisan, nang hindi nagpapaalam, humahayo at gumagawa ng anumang naisin ng kanilang puso. Samantala, hindi natin tatalakayin ang mga dahilan ng pag-alis ng mga taong ito; titingnan muna natin kung ano ang saloobin ng Diyos sa ganitong klaseng tao. Napakalinaw nito. Mula sa sandaling lumayo ang taong ito, sa paningin ng Diyos, tapos na ang maikling panahon ng kanilang pananampalataya. Hindi ang indibiduwal na tao ang tumapos nito, kundi ang Diyos. Ang ibig sabihin ng iniwan ng taong ito ang Diyos ay na itinakwil na nila ang Diyos, na ayaw na nila sa Kanya, at na hindi na nila tinatanggap ang pagliligtas ng Diyos. Yamang ayaw ng ganitong mga tao ang Diyos, gugustuhin pa rin ba Niya sila? Bukod pa ryan, kapag taglay ng mga taong ito ang ganitong uri ng saloobin, ang pananaw na ito, at nakapagpasya nang lisanin ang Diyos, napagalit na nila ang disposisyon ng Diyos. Ito ay sa kabila ng katotohanan na maaaring hindi sila nagwala at hindi nila isinumpa ang Diyos, sa kabila ng katunayan na maaaring hindi sila gumawa ng anumang nakasusuklam o labis na pag-uugali, at sa kabila ng katotohanan na iniisip ng mga taong ito na, "Kung dumating ang araw na napuno na ako ng

kasiyahan sa labas, o kapag may kailangan pa rin ako sa Diyos, babalik ako. O kapag tinawag ako ng Diyos, babalik ako,” o sinasabi nilang, “Kapag nasasaktan ako sa labas, o kapag nakikita ko na napakadilim at napakasama ng mundo sa labas at ayaw ko nang magpatangay sa agos, babalik ako sa Diyos.” Kahit nakalkula na ng mga taong ito sa kanilang isipan kung kailan talaga sila babalik, at kahit nagsikap na silang iwanang bukas ang pinto para sa kanilang pagbalik, hindi nila natatanto na anuman ang kanilang pinaniniwalaan o paano man sila nagpaplano, lahat ng ito ay pangarap lamang. Ang pinakamalaki nilang pagkakamali ay ang pagiging malabo sa kanila kung ano ang nadarama ng Diyos tungkol sa kanilang hangarin. Sa mismong sandali na nagpasya silang lisanin ang Diyos, ganap Niya silang tatalikuran; sa oras na iyon, naipasya na Niya ang kahihinatnan ng gayong tao sa Kanyang puso. Anong kahihinatnan iyon? Iyon ay na ang taong ito ay magiging isa sa mga daga, at samakatuwid ay mamamatay na kasama ang mga ito. Sa gayon, madalas makita ng mga tao ang ganitong klaseng sitwasyon: Tinatalikuran ng isang tao ang Diyos, ngunit hindi tumatanggap ng kaparusahan. Kumikilos ang Diyos ayon sa Kanyang sariling mga prinsipyo; ang ilang bagay ay nakikita, samantalang ang iba ay tinatapos lamang sa puso ng Diyos, kaya hindi nakikita ng mga tao ang mga resulta. Ang bahaging nakikita ng mga tao ay hindi kinakailangang tunay na panig ng mga bagay-bagay, kundi ang kabilang panig na iyon—ang panig na hindi mo nakikita—ay talagang naglalaman ng taos na mga saloobin at konklusyon ng Diyos.

Ang mga Taong Tumatakas sa Panahon ng Gawain ng Diyos ay Yaong mga Tumalikod sa Tunay na Daan

Bakit binibigyan ng Diyos ng gayon kalubhang kaparusahan ang mga taong tumatakas sa panahon ng Kanyang gawain? Bakit Siya galit na galit sa kanila? Una sa lahat, alam natin na ang disposisyon ng Diyos ay pagiging maharlika at poot; hindi Siya isang tupa na kakatayin ninuman, lalong hindi Siya isang tau-tauhang kokontrolin ng mga tao kahit paano nila gusto. Hindi rin Siya isang hungkag na uutus-utusan. Kung talagang naniniwala ka na mayroong Diyos, dapat ay mayroon kang pusong may takot sa Diyos, at dapat mong malaman na ang Kanyang diwa ay hindi maaaring galitin. Ang galit na ito ay maaaring idulot ng isang salita, o marahil ay ng isang ideya, o marahil ay ng isang uri ng nakasusuklam na ugali, o marahil ay kahit ng isang uri ng banayad na ugali, o ugaling uubra sa mga mata at moralidad ng mga tao; o, marahil ay inudyok ito ng isang doktrina o isang teorya. Gayunman, kapag napagalit mo na ang Diyos, nawawala ang iyong pagkakataon, at dumating na ang katapusan ng mga araw mo. Grabeng bagay ito! Kung hindi mo maunawaan na hindi dapat magkasala sa Diyos, hindi ka siguro takot sa Kanya, at marahil ay palagi kang nagkakasala sa Kanya. Kung hindi mo alam kung paano matakot sa Diyos, hindi ka natatakot sa Diyos, at hindi mo malalaman kung paano tumahak sa landas ng paglakad sa daan ng Diyos—na may takot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan. Kapag nagkaroon ka na ng kamalayan, at alam

mo na hindi dapat magkasala sa Diyos, malalaman mo kung ano ang magkaroon ng takot sa Diyos at umiwas sa kasamaan.

Ang paglalakad sa daan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan ay hindi kinakailangang tungkol sa dami ng katotohanang alam mo, ilang pagsubok na ang naranasan mo, o gaano ka nadisiplina. Sa halip, nakasalalay ito sa uri ng saloobin mo sa Diyos sa puso mo, at kung anong diwa ang ipinapahayag mo. Ang diwa ng mga tao at ang kanilang pansariling mga saloobin—ang mga ito ay napakahalaga, napaka-kritikal. Patungkol doon sa mga tao na itinakwil at iniwan na ang Diyos, pinagalit na ng kasuklam-suklam na saloobin nila sa Kanya at ng puso nilang namumuhi sa katotohanan ang Kanyang disposisyon, para sa Kanya, hindi sila patatawarin kailanman. Nalaman na nila ang tungkol sa pag-iral ng Diyos, naipalam na sa kanila ang balita na dumating na Siya, at naranasan pa nila ang bagong gawain ng Diyos. Ang kanilang paglisan ay hindi dahil sa nalinlang o naguluhan sila, lalong hindi ito dahil napilitan silang umalis. Sa halip, sadya nilang pinili, at nang may malinaw na isipan, na lisanin ang Diyos. Ang kanilang paglisan ay hindi pagkaligaw sa kanilang landas, ni hindi sila itinakwil. Samakatuwid, sa paningin ng Diyos, hindi sila mga korderong napawalay sa kawan, lalong hindi sila mga alibughang anak na naligaw ng kanilang landas. Lumisan sila nang hindi napaparusahan—at ang gayong kondisyon, gayong sitwasyon, ay nagpapagalit sa disposisyon ng Diyos, at dahil sa pagkagalit na ito kaya Niya sila binibigyan ng walang pag-asang kahihinatnan. Hindi ba nakakatakot ang ganitong klaseng kahihinatnan? Samakatuwid, kung hindi kilala ng mga tao ang Diyos, maaari silang magkasala sa Kanya. Hindi ito maliit na bagay! Kung hindi sineseryoso ng mga tao ang saloobin ng Diyos, at naniniwala pa rin sila na inaasam Niya ang kanilang pagbabalik dahil kasama sila sa Kanyang nawawalang mga kordero at hinihintay pa rin Niyang magkaroon sila ng pagbabago ng puso, hindi sila nalalayo sa mga araw ng kanilang kaparusahan. Hindi lamang aayaw ang Diyos na tanggapin sila—dahil ito ang kanilang pangalawang pagkakataon na ginagalit nila ang Kanyang disposisyon, mas nakakatakot ang bagay na ito! Ang walang-pitagang saloobin ng mga taong ito ay lumabag na sa mga atas administratibo ng Diyos. Tatanggapin pa ba Niya sila? Sa Kanyang puso, ang mga prinsipyo ng Diyos tungkol sa bagay na ito ay na natiyak na ng isang tao kung alin ang tunay na daan, subalit kaya pa rin niyang sadya at malinaw ang isipan na tanggihan ang Diyos at lisanin ang Diyos, sa gayon ay haharangan Niya ang daan patungo sa kaligtasan ng taong iyon, at para sa indibiduwal na ito, sarado na ang pintuan papasok sa kaharian mula ngayon. Kapag minsan pang kumatok ang taong ito, hindi bubuksan ng Diyos ang pintuan; sasaraduhan na ang taong ito magpakailanman. Marahil ay nabasa na ng ilan sa inyo ang kuwento tungkol kay Moises sa Bibliya. Matapos pahiran ng Diyos ng langis si Moises, ipinahayag ng 250 pinuno ang kanilang pagsuway kay Moises dahil sa kanyang mga kilos at sa iba-iba pang mga dahilan. Kanino sila tumangging magpasakop? Hindi kay Moises. Tumanggi silang magpasakop sa mga plano ng Diyos; tumanggi silang magpasakop sa gawain ng Diyos sa isyung ito. Sinabi

nila ang sumusunod: “Kayo’y kumukuha ng malabis sa inyo, dangang ang buong kapisanan ay banal, bawat isa sa kanila, at si Jehova ay nasa gitna nila.” Napakaseryoso ba ng mga salita at linyang ito, mula sa pananaw ng isang tao? Hindi seryoso ang mga ito. Kahit paano, ang literal na kahulugan ng mga salitang ito ay hindi seryoso. Sa legal na kahulugan, hindi lumalabag ang mga ito sa anumang mga batas, dahil sa tingin pa lamang, hindi ito pagalit na pananalita o bokabularyo, lalong wala itong anumang mapaglapastangang mga konotasyon. Karaniwang mga pahayag lamang ang mga ito, wala nang iba. Kung gayon, bakit maaaring magpasimula ng gayong pagkagalit ng Diyos ang mga salitang ito? Dahil hindi sinabi ang mga ito sa mga tao, kundi sa Diyos. Ang saloobin at disposisyong ipinahayag ng mga ito ang mismong nagpapagalit sa disposisyon ng Diyos, at nagkakasala sila sa disposisyon ng Diyos na hindi dapat pagkasalahan. Alam nating lahat kung ano ang kinahinatnan ng mga pinunong iyon sa huli. Tungkol sa mga taong tumalikod na sa Diyos, ano ang kanilang pananaw? Ano ang kanilang saloobin? At bakit naging sanhi ang kanilang pananaw at saloobin na pakitunguhan sila ng Diyos sa gayong paraan? Ang dahilan ay na bagamat malinaw nilang alam na Siya ang Diyos, pinili pa rin nilang pagtaksilan Siya, at ito ang dahilan kaya lubos silang inalisan ng kanilang mga pagkakataong maligtas. Tulad ng nakasulat sa Bibliya, “Sapagkat kung ating sinasadya ang pagkakasala pagkatapos na ating matanggap ang pagkakilala sa katotohanan, ay wala nang haing natitira pa tungkol sa mga kasalanan” (Mga Hebreo 10:26). Mayroon na ba kayo ngayong malinaw na pagkaunawa sa bagay na ito?

Ang Kapalaran ng mga Tao ay Ipinapasya ng Kanilang Saloobin sa Diyos

Ang Diyos ay isang buhay na Diyos, at tulad ng mga tao na magkakaiba ang kilos sa iba’t ibang sitwasyon, nag-iiba ang Kanyang saloobin ukol sa mga pag-uugaling ito dahil hindi Siya isang tau-tauhan ni hindi Siya hungkag. Ang pag-alam sa saloobin ng Diyos ay isang makabuluhang hangarin para sa sangkatauhan. Dapat malaman ng mga tao, sa pamamagitan ng pag-alam sa saloobin ng Diyos, kung paano sila unti-unting magtatamo ng kaalaman tungkol sa disposisyon ng Diyos at mauunawaan ang Kanyang puso. Kapag unti-unti mong naunawaan ang puso ng Diyos, hindi mo madarama na mahirap magkaroon ng takot sa Diyos at umiwas sa kasamaan. Bukod pa ryan, kapag nauunawaan mo ang Diyos, malamang ay hindi ka gagawa ng mga konklusyon tungkol sa Kanya. Kapag tumigil ka na sa paggawa ng mga konklusyon tungkol sa Diyos, mas malamang na hindi ka magkasala sa Kanya, at hindi mo mamamalayan, gagabayan ka ng Diyos na magtamo ng kaalaman tungkol sa Kanya; pupuspusin nito ang puso mo ng pagpipitagan sa Kanya. Sa gayon ay titigil ka sa pagtukoy sa Diyos sa pamamagitan ng mga doktrina, titik, at teoryang saulado mo na. Sa halip, sa pamamagitan ng palaging paghahanap sa mga layunin ng Diyos sa lahat ng bagay, hindi mo mamamalayan na nagiging isa kang tao na kaayon ng puso ng Diyos.

Ang gawain ng Diyos ay hindi nakikita at hindi nagagalaw ng sangkatauhan, ngunit para sa Diyos, ang mga kilos ng bawat isang tao—pati na ang kanilang saloobin sa Kanya—ay hindi lamang nahihiwatigan ng Diyos, kundi nakikita rin Niya. Ito ay isang bagay na dapat tanggapin at malinawan ng lahat. Maaaring lagi mong itinatanong sa iyong sarili, “Alam ba ng Diyos kung ano ang ginagawa ko rito? Alam ba Niya kung ano ang iniisip ko ngayon mismo? Siguro ay alam Niya, at siguro ay hindi Niya alam.” Kung nag-aangkin ka ng ganitong uri ng pananaw, sumusunod at naniniwala sa Diyos subalit nagdududa sa Kanyang gawain at sa Kanyang pag-iral, sa malao’t madali ay darating ang araw na magagalit Siya sa iyo, sapagkat nakabingit ka na sa isang mapanganib na bangin. May nakita na Akong mga tao na naniwala sa Diyos sa loob ng maraming taon, subalit hindi pa rin nila natatamo ang realidad ng katotohanan, ni hindi pa rin nila naunawaan ang kalooban ng Diyos. Hindi umuunlad ang mga taong ito sa kanilang mga buhay at tayog, na sumusunod lamang sa pinakamababaw na doktrina. Ito ay dahil hindi kailanman sineryoso ng mga taong ito ang salita ng Diyos bilang buhay nila mismo, at hindi pa nila kailanman nakaharap at natanggap ang Kanyang pag-iral. Sa palagay mo ba napupuspos ng kasiyahan ang Diyos kapag nakikita Niya ang gayong mga tao? Inaaliw ba nila Siya? Kung gayon, ang paraan ng paniniwala ng mga tao sa Diyos ang nagpapasya sa kanilang kapalaran. Tungkol sa kung paano hinahanap at nilalapitan ng mga tao ang Diyos, pangunahin ang kahalagahan ng saloobin ng mga tao. Huwag magpabaya sa Diyos na parang wala Siyang halaga sa likod ng iyong isipan; laging isipin ang Diyos na iyong pinaniniwalaan bilang isang buhay na Diyos, isang tunay na Diyos. Hindi Siya uupu-upo lamang doon sa ikatlong langit nang walang ginagawa. Sa halip, patuloy Siyang nakatingin sa puso ng lahat, inoobserbahan kung ano ang binabalak mo, pinanonood ang bawat maliit na salita at gawa mo, pinanonood kung paano ka kumilos at tinitingnan kung ano ang saloobin mo sa Kanya. Kung handa ka bang ibigay ang iyong sarili sa Diyos o hindi, lahat ng pag-uugali mo at kaibuturan ng iyong mga iniisip at ideya ay nalalantad sa Kanyang harapan at tinitingnan Niya. Dahil sa iyong pag-uugali, dahil sa iyong mga gawa, at dahil sa iyong saloobin sa Kanya, palaging nagbabago ang opinyon ng Diyos tungkol sa iyo at ang Kanyang saloobin sa iyo. Gusto Kong mag-alok ng kaunting payo sa ilang tao: Huwag ninyong ilagay ang inyong sarili na parang mga sanggol sa mga kamay ng Diyos, na parang dapat Siyang mahaling sa iyo, na parang hindi ka Niya kailanman maaaring iwanan, at na parang pirmihan ang Kanyang saloobin sa iyo at hindi na magbabago kailanman, at ipinapayo Ko sa iyo na tigilan na ang pangangarap! Ang Diyos ay matuwid sa pagtrato Niya sa bawat isang tao, at marubdob Niyang hinaharap ang gawain ng paglupig at pagliligtas sa mga tao. Ito ang Kanyang pamamahala. Tinatrato Niya nang seryoso ang bawat isang tao, at hindi kagaya ng isang alagang hayop na paglalaruan. Ang pagmamahal ng Diyos sa mga tao ay hindi ang klaseng nagpapalayaw o nagpapamihasa, ni hindi mapagbigay o pabaya ang Kanyang awa at pagpaparaya sa sangkatauhan. Bagkus, ang pagmamahal ng Diyos para sa sangkatauhan ay may kasamang pagtatangi,

pagkaawa, at paggalang sa buhay; inihahatid ng Kanyang awa at pagpaparaya ang Kanyang mga inaasahan sa kanila, at ang siyang kailangan ng sangkatauhan upang patuloy na mabuhay. Ang Diyos ay buhay, at ang Diyos ay talagang umiiral; ang Kanyang saloobin sa sangkatauhan ay may prinsipyo, hindi man lamang sangkaterbang dogmatikong mga panuntunan, at maaari itong magbago. Ang Kanyang mga layunin para sa sangkatauhan ay unti-unting nagbabago at nag-iiba sa paglipas ng panahon, depende sa mga pangyayaring nagaganap, at pati na sa saloobin ng bawat isang tao. Samakatuwid, dapat mong malaman sa puso mo nang may tiyak na kalinawan na hindi nagbabago ang diwa ng Diyos, at na lalabas ang Kanyang disposisyon sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang konteksto. Maaaring hindi mo iniisip na seryoso ang bagay na ito, at maaaring ginagamit mo ang sarili mong mga kuru-kuro upang wariin kung paano dapat gawin ng Diyos ang mga bagay-bagay. Gayunman, may mga pagkakataon na totoo ang ganap na kabaligtaran ng iyong pananaw, at sa paggamit ng sarili mong personal na mga kuru-kuro para tangkaing sukatin ang Diyos, napagalit mo na Siya. Ito ay dahil hindi kumikilos ang Diyos sa paraang iniisip mo na ginagawa Niya, ni hindi Niya ituturing ang bagay na ito na kagaya ng sinasabi mong gagawin Niya. Sa gayon, ipinapaalala Ko sa iyo na mag-ingat at maging mahinahon sa pagturing mo sa lahat ng bagay na nasa paligid mo, at pag-aralan kung paano sundin ang prinsipyo ng paglakad sa daan ng Diyos sa lahat ng bagay, ang pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan. Kailangan mong bumuo ng isang matibay na pagkaunawa hinggil sa mga bagay tungkol sa kalooban at saloobin ng Diyos, kailangan mong humanap ng mga taong nabigyang-liwanag na magpapaalam ng mga bagay na ito sa iyo, at kailangan mong maghanap nang seryoso. Huwag mong ituring ang Diyos na pinaniniwalaan mo na isang tau-tauhan—na hinuhusgahan Siya kung paano mo gusto, nagbubuo ng di-makatwirang mga konklusyon tungkol sa Kanya, at hindi Siya tinatrato nang may paggalang na nararapat sa Kanya. Samantalang inililigtas ka ng Diyos at ipinapasya ang iyong kahihinatnan, maaari ka Niyang pagkalooban ng awa, o pagpaparaya, o paghatol at pagkastigo, ngunit ano't anuman, ang Kanyang saloobin sa iyo ay hindi pirmihan. Depende ito sa iyong sariling saloobin sa Kanya, gayundin sa iyong pagkaunawa sa Kanya. Huwag mong tulutan ang isang lumilipas na aspeto ng iyong kaalaman o pagkaunawa sa Diyos na ilarawan Siya nang panghabambuhay. Huwag maniwala sa isang patay na Diyos; maniwala sa isang nabubuhay. Tandaan mo ito! Bagamat natalakay Ko ang ilang katotohanan dito—mga katotohanang kailangan ninyong marinig—dahil sa inyong kasalukuyang kalagayan at kasalukuyang tayog, hindi Ako gagawa ng anumang mas malalaking hinihingi sa inyo sa ngayon, upang hindi masaid ang inyong kasigasigan. Ang paggawa nito ay maaaring puspusin ang inyong puso ng labis na kalungkutan at ipadama sa inyo ang labis na pagkabigo sa Diyos. Sa halip, sana ay magamit ninyo ang pagmamahal sa Diyos na nasa inyong puso at magamit ninyo ang isang saloobing may paggalang sa Diyos habang naglalakad kayo sa landas na nasa inyong harapan. Huwag maguluhan tungkol sa kung paano maniwala sa Diyos;

ituring itong isa sa pinakamalalaking isyung mayroon. Ilagay ito sa inyong puso, isagawa ito, at iugnay ito sa tunay na pamumuhay; huwag lamang basta sabihin ito—sapagkat buhay at kamatayan ang nakataya rito, at siyang magpapasya sa iyong tadhana. Huwag itong ituring na parang isang biro o larong pambata! Matapos Kong ibahagi sa inyo ang mga salitang ito ngayon, iniisip Ko kung gaano ang naani ninyong pagkaunawa sa inyong isipan. Mayroon bang anumang mga bagay kayong nais itanong tungkol sa nasabi Ko rito ngayon?

Bagamat medyo bago ang mga paksang ito, at medyo malayo sa inyong mga pananaw, sa inyong mga karaniwang hangarin, at sa hilig ninyong pagtuunan ng pansin, palagay Ko kapag napagbahaginan na ninyo ang mga ito sa loob ng ilang sandali, magkakaroon kayo ng isang karaniwang pagkaunawa sa lahat ng bagay na nasabi Ko rito. Bagung-bago ang lahat ng paksang ito, at hindi pa ninyo kailanman naisip noon, kaya umaasa Ako na hindi makaragdag ang mga ito sa inyong pasanin sa anumang paraan. Hindi Ko sinasabi ang mga salitang ito ngayon para takutin kayo, ni hindi Ko ginagamit ang mga ito bilang isang paraan para pakitunguhan kayo; sa halip, ang Aking layon ay ipaunawa sa inyo ang totoong mga pangyayari tungkol sa katotohanan. Dahil may kaibhan sa pagitan ng sangkatauhan at ng Diyos, bagamat naniniwala ang mga tao sa Diyos, hindi nila Siya naunawaan kailanman o nalaman ang Kanyang saloobin. Hindi rin naging napakasigasig ng mga tao kailanman sa kanilang alalahanin para sa saloobin ng Diyos. Sa halip, naniwala sila at nagpatuloy nang pikit-mata, at naging pabaya sa kanilang kaalaman at pagkaunawa tungkol sa Diyos. Sa gayon ay napilitan Akong liwanagin ang mga isyung ito para sa inyo, at ipaunawa sa inyo kung anong klase talaga ng Diyos ang Diyos na ito na inyong pinaniniwalaan, gayundin kung ano ang Kanyang iniisip, ang Kanyang saloobin sa Kanyang pagtrato sa iba-ibang uri ng mga tao, gaano kayo kalayo sa pagtupad sa Kanyang mga hinihingi, at gaano kalaki ang pagkakaiba sa pagitan ng inyong mga kilos at ng pamantayang Kanyang hinihingi. Ang mithiin sa pagpapaalam sa inyo ng mga bagay na ito ay upang bigyan kayo ng isang pamantayan sa pagsukat sa inyong sarili, at upang malaman ninyo kung anong klase ng pag-ani ang kahahantungan ng daan na inyong tinatahak, kung ano ang hindi ninyo natamo sa pagtahak sa landas na ito, at saang mga lugar kayo talaga hindi nakibahagi. Habang nag-uusap-usap kayo, karaniwan ay pinag-uusapan ninyo ang ilang paksang karaniwang tinatalakay na napakakitid ng saklaw at mababaw ang nilalaman. May agwat, may puwang, sa pagitan ng tinatalakay ninyo at ng mga layunin ng Diyos, gayundin sa pagitan ng inyong mga talakayan at ng saklaw at pamantayan ng mga hinihingi ng Diyos. Ang pagpapatuloy nang ganito sa paglipas ng panahon ay mas maglalayo pa sa inyo sa daan ng Diyos. Kinukuha lamang ninyo ang kasalukuyang mga pagbigkas ng Diyos at ginagawang mga pakay ng pagsamba ang mga ito, at itinuturing ang mga ito na mga ritwal at regulasyon. Iyan lamang ang inyong ginagawa! Sa totoo lang, wala talagang lugar ang Diyos sa inyong puso, at hindi Niya kailanman natamo ang inyong puso. Iniisip ng ilang tao na napakahirap kilalanin ng Diyos, at ito ang

katotohanan. Mahirap ito. Kung ipagawa sa mga tao ang kanilang mga tungkulin at ginagawa nila ang mga bagay-bagay sa panlabas, at nagsusumikap sila, iisipin nila na napakadaling maniwala sa Diyos, dahil lahat ng bagay na iyon ay saklaw ng kakayahan ng tao. Gayunman, sa sandaling lumipat ang paksa sa mga layunin ng Diyos at sa Kanyang saloobin sa sangkatauhan, sa pananaw ng lahat, medyo humihirap nga ang mga bagay-bagay. Ito ay dahil kailangan dito ang pang-unawa ng mga tao sa katotohanan at ang pagpasok nila sa realidad, kaya siyempre magkakaroon ng isang antas ng paghihirap! Magkagayunman, kapag nakalagpas ka na sa unang pinto at nagsimula ka nang magkaroon ng pagpasok, ang mga bagay ay unti-unting dumadali.

Ang Panimula ng Pagkakaroon ng Takot sa Diyos ay Pagtrato sa Kanya Bilang Diyos

Kani-kanina lamang, mayroong nagtanong: Paano nangyari na kahit mas marami tayong alam tungkol sa Diyos kaysa kay Job, hindi pa rin tayo makapagpitagan sa Kanya? Natalakay na natin nang kaunti ang bagay na ito dati. Natalakay na rin natin talaga ang diwa ng tanong na ito noon, na totoo na bagamat hindi kilala ni Job ang Diyos noon, tinrato pa rin niya Siya bilang Diyos at itinuring Siya bilang Panginoon ng kalangitan at lupa at lahat ng bagay. Hindi itinuring ni Job ang Diyos na isang kaaway; sa halip, sinamba niya Siya bilang Lumikha ng lahat ng bagay. Bakit matindi ang paglaban ng mga tao sa Diyos sa mga panahong ito? Bakit hindi nila nagagawang magpitagan sa Kanya? Ang isang dahilan ay lubha na silang nagawang tiwali ni Satanas, at sa gayong malalim na nakaugat at napakasamang likas na pagkatao, naging mga kaaway na sila ng Diyos. Sa gayon, kahit naniniwala sila sa Diyos at kinikilala nila ang Diyos, nagagawa pa rin nilang labanan Siya at kontrahin Siya. Ito ay ipinapasya ng likas na pagkatao ng tao. Ang isa pang dahilan ay na sa kabila ng kanilang paniniwala sa Diyos, hindi talaga Siya itinuturing ng mga tao bilang Diyos. Sa halip, itinuturing nila Siyang laban sa sangkatauhan, itinuturing Siyang kanilang kaaway, at pakiramdam nila ay hindi sila magkakasundo ng Diyos. Ganoon lang iyon kasimple. Hindi ba natalakay ang bagay na ito sa ating nakaraang sesyon? Pag-isipan ito: Hindi ba iyan ang dahilan? Maaaring mayroon kang kaunting kaalaman tungkol sa Diyos, ngunit ano ba ang kasama sa kaalamang ito? Hindi ba ito ang pinag-uusapan ng lahat? Hindi ba ito ang sinabi ng Diyos sa iyo? Pamilyar ka lamang sa teoretikal at doktrinal na mga aspeto nito—ngunit nalugod ka na ba sa tunay na mukha ng Diyos? Mayroon ka bang pansariling kaalaman? Mayroon ka bang praktikal na kaalaman at karanasan? Kung hindi pa nasabi sa iyo ng Diyos, malalaman mo ba iyon? Ang iyong teoretikal na kaalaman ay hindi kumakatawan sa tunay na kaalaman. Sa madaling salita, gaano man karami ang alam mo at paano mo man nalaman iyon, hangga't hindi ka nagtatamo ng tunay na pagkaunawa sa Diyos, magiging kaaway mo Siya, at hangga't hindi mo talaga sinisimulang tratuhing Diyos ang Diyos, kokontrahin ka Niya, sapagkat ikaw ay isang sagisag ni Satanas.

Kapag kasama mo si Cristo, marahil ay maaari mo Siyang silbihan ng pagkain

tatlong beses sa isang araw, o marahil ay silbihan Siya ng tsaa at asikasuhin ang Kanyang mga pangangailangan sa buhay; magmumukhang natrato mo na si Cristo bilang Diyos. Tuwing may nangyayari, palaging sumasalungat ang mga pananaw ng mga tao sa Diyos; laging hindi maunawaan at matanggap ng mga tao ang pananaw ng Diyos. Bagamat sa tingin ay maaaring kasundo ng mga tao ang Diyos, hindi ito nangangahulugan na kasundo nila Siya. Sa sandaling may mangyari, lumilitaw ang tunay na mukha ng pagsuway ng sangkatauhan, sa gayon ay napapatibay ang alitang umiiral sa pagitan ng mga tao at ng Diyos. Ang alitang ito ay hindi ang pagkontra ng Diyos sa mga tao o ang pagnanais ng Diyos na awayin sila, ni hindi Niya sila kinontra at pagkatapos ay tinatrato silang ganoon. Sa halip, ito ay isang kaso ng salungat na diwang ito ukol sa Diyos na nakatago sa pansariling kalooban ng mga tao at sa likod ng kanilang isipan. Dahil itinuturing ng mga tao ang lahat ng nagmumula sa Diyos bilang mga pakay ng kanilang pagsasaliksik, ang kanilang tugon sa anumang nagmumula sa Diyos at sa lahat ng nauugnay sa Diyos, higit sa lahat, ay manghula, magduda, at pagkatapos ay agad magkaroon ng isang saloobin na salungat at kontra sa Diyos. Maya-maya pa, nagkakaroon sila ng negatibong pakiramdam sa mga pagtatalo o nakikipagtunggali sila sa Diyos, hanggang sa punto kung saan pinagdududahan pa nila kung nararapat nga bang sundin ang isang Diyos na ganoon. Sa kabila ng katotohanan na sinasabi sa kanila ng kanilang pagkamakatwiran na hindi sila dapat magpatuloy sa ganitong paraan, pipiliin pa rin nilang gawin iyon kahit ayaw nila, kaya magpapatuloy sila nang walang pag-aatubili hanggang sa pinakahuli. Halimbawa, ano ang unang reaksiyon ng ilang tao kapag naririnig nila ang ilang tsismis o paninirang-puri tungkol sa Diyos? Ang una nilang reaksiyon ay ang mag-isip kung totoo ang tsismis na ito o hindi at kung umiiral ang mga tsismis na ito o hindi, at pagkatapos ay hinihintay nila kung ano ang mangyayari. Pagkatapos ay nagsisimula silang mag-isip, “Walang paraan para mapatunayan ito. Talaga bang nangyari iyon? Totoo ba ang tsismis na ito o hindi?” Bagamat hindi ito ipinapakita ng mga taong ganito, nagsimula na silang magduda sa kanilang puso, at nagsimula nang ikaila ang Diyos. Ano ang diwa ng ganitong klaseng saloobin at ng gayong pananaw? Hindi ba ito pagkakanulo? Hangga’t hindi sila nahaharap sa bagay na ito, hindi mo makikita ang mga pananaw ng mga taong ito; tila hindi sila sumasalungat sa Diyos, at parang hindi nila Siya itinuturing na kaaway. Gayunman, sa sandaling maharap sila sa isang problema, agad silang kumakampi kay Satanas at lumalaban sa Diyos. Ano ang ipinahihiwatig nito? Ipinahihiwatig nito na magkasalungat ang mga tao at ang Diyos! Hindi naman sa itinuturing ng Diyos ang sangkatauhan bilang kaaway, kundi ang mismong diwa ng sangkatauhan ang salungat sa Diyos. Gaano man katagal nang nakasunod ang isang tao sa Kanya o gaano man kalaki ang halagang ibinayad nila, at paano man nila pinupuri ang Diyos, paano man nila pigilan ang kanilang sarili sa pagsuway sa Kanya, at gaano pa man nila hinihimok ang kanilang sarili na mahalin ang Diyos, hindi nila kailanman magagawang tratuhin ang Diyos bilang Diyos. Hindi ba ito ipinapasya ng diwa ng mga tao? Kung tinatrato mo

Siya bilang Diyos at tunay kang naniniwala na Siya ay Diyos, maaari ka pa rin bang magkaroon ng anumang mga pagdududa sa Kanya? Maaari ka pa rin bang magkimkim ng anumang mga pagdududa tungkol sa Kanya sa puso mo? Hindi na maaari, hindi ba? Ang mga kalakaran ng mundong ito ay napakasama, at ang sangkatauhan ding ito; kaya, paano ka hindi magkakaroon ng anumang mga kuru-kuro tungkol sa mga ito? Ikaw mismo ay napakasama, kaya paano nangyari na wala kang mga kuru-kuro tungkol diyan? Gayunman, sa ilang tsismis lamang at ilang paninirang-puri ay maaaring magpasimula ng gayon kalalaking kuru-kuro tungkol sa Diyos, at humahantong sa iyong pagkakaroon ng napakaraming imahinasyon, na nagpapakita kung gaano kamusmos ang iyong tayog! Ang “paghugong” lamang ng ilang lamok at ilang nakakainis na mga langaw—sapat na ba iyan para malinlang ka? Anong klaseng tao ito? Alam mo ba kung ano ang iniisip ng Diyos tungkol sa gayong mga tao? Ang saloobin ng Diyos ay talagang napakalinaw hinggil sa kung paano Niya sila tinatrato. Iyon ay na ang pagtrato ng Diyos sa mga taong ito ay ang balewalain lamang sila—ang Kanyang saloobin ay huwag silang pansinin, at huwag seryosohin ang mangmang na mga taong ito. Bakit ganoon? Ito ay dahil sa puso ng Diyos, hindi Niya kailanman binalak na tamuhin ang mga taong iyon na nangakong maging kagalit Niya hanggang sa pinakahuli at hindi kailanman nagbalak na hanapin ang daan ng pagiging kaayon Niya. Marahil ay maaaring masaktan ang ilang tao sa mga salitang nasambit Ko. Handa ba kayo na lagi Ko kayong saktan nang ganito? Handa man kayo o hindi, lahat ng sinasabi Ko ay ang katotohanan! Kung lagi Ko kayong sinasaktan at inilalantad ang inyong mga pilat nang ganito, makakaapekto ba ito sa matayog na larawan ng Diyos na inyong kimkim sa puso ninyo? (Hindi.) Sang-ayon Ako na hindi, sapagkat wala talagang Diyos sa puso ninyo. Ang matayog na Diyos na nasa puso ninyo—yaong masidhi ninyong ipinagtatanggol at pinoprotektahan—ay hindi talaga Diyos. Sa halip, siya ay isang kathang-isip ng imahinasyon ng tao; hindi talaga siya umiiral. Samakatuwid, mas mabuti pang ilantad Ko ang sagot sa bugtong na ito; hindi ba nito inilalantad ang buong katotohanan? Ang tunay na Diyos ay hindi ang iniisip ng mga tao. Sana ay matanggap ninyong lahat ang realidad na ito, at makatulong ito sa inyong kaalaman tungkol sa Diyos.

Ang mga Taong Iyon na Hindi Kinikilala ng Diyos

Mayroong ilang tao na ang paniniwala ay hindi kailanman kinikilala sa puso ng Diyos. Sa madaling salita, hindi kinikilala ng Diyos na mga tagasunod Niya sila, dahil hindi Niya pinupuri ang kanilang paniniwala. Para sa mga taong ito, ilang taon man nila nasunod ang Diyos, hindi kailanman nagbago ang kanilang mga ideya at pananaw; para silang mga hindi mananampalataya, sumusunod sa mga prinsipyo at paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay ng mga hindi mananampalataya at sa mga batas ng pananatiling buhay at pananampalataya. Hindi nila kailanman tinanggap ang salita ng Diyos bilang kanilang buhay, hindi kailanman naniwala na ang salita ng Diyos ay katotohanan, hindi kailanman nilayon na tanggapin ang pagliligtas ng Diyos, at hindi kailanman kinilala ang

Diyos bilang kanilang Diyos. Ang tingin nila sa paniniwala sa Diyos ay libangan ng baguhan, na tinatrato Siya bilang isang espirituwal na pagkain lamang; sa gayon, hindi nila iniisip na mahalagang subukan at unawain ang disposisyon o diwa ng Diyos. Masasabi na lahat ng tumutugma sa tunay na Diyos ay walang kinalaman sa mga taong ito; hindi sila interesado, ni hindi sila mag-aabalang makinig. Ito ay dahil sa kaibuturan ng kanilang puso, mayroong isang malakas na tinig na laging nagsasabi sa kanila, “Ang Diyos ay hindi nakikita at hindi nahihipo, at hindi umiiral.” Naniniwala sila na ang pagsisikap na unawain ang ganitong uri ng Diyos ay pagsasayang ng kanilang pagsisikap, at na niloloko lamang nila ang kanilang sarili sa paggawa nito. Naniniwala sila na sa pamamagitan lamang ng pagkilala sa Diyos sa mga salita nang walang anumang tunay na paninindigan o pamumuhunan ng kanilang sarili sa anumang tunay na mga kilos, medyo matalino sila. Ano ang tingin ng Diyos sa gayong mga tao? Ang tingin Niya sa kanila ay mga hindi mananampalataya. Tinatanong ng ilang tao, “Maaari bang basahin ng mga hindi mananampalataya ang mga salita ng Diyos? Maaari ba nilang tuparin ang kanilang mga tungkulin? Maaari ba nilang sambitin ang mga salitang, ‘Mabubuhay ako para sa Diyos?’” Ang madalas makita ng mga tao ay ang pagkukunwaring ipinapakita ng mga tao sa panlabas; hindi nila nakikita ang diwa ng mga tao. Gayunman, hindi tinitingnan ng Diyos ang mga paimbabaw na mga pagpapakitang ito; ang tanging nakikita Niya ay ang diwa sa kanilang kalooban. Sa gayon, ito ang klase ng saloobin at paglalarawan ng Diyos sa mga taong ito. Sinasabi ng mga taong ito, “Bakit ito ginagawa ng Diyos? Bakit iyon ginagawa ng Diyos? Hindi ko ito maunawaan; hindi ko iyon maunawaan; hindi ito naaayon sa mga kuru-kuro ng tao; kailangan Mong ipaliwanag iyan sa akin....” Para sagutin ito, ang tanong Ko: Kailangan ba talagang ipaliwanag ang mga bagay na ito sa iyo? May kaugnayan ba talaga ang mga bagay na ito sa iyo? Sino ka ba sa tingin mo? Saan ka nanggaling? Karapat-dapat ka ba talagang magbigay ng mga punto sa Diyos? Naniniwala ka ba sa Kanya? Kinikilala ba Niya ang iyong pananampalataya? Yamang walang kinalaman sa Diyos ang iyong pananampalataya, ano ang pakialam mo sa Kanyang mga ginagawa? Hindi mo alam kung ano ang katayuan mo sa puso ng Diyos, kaya paano ka magiging karapat-dapat na makipag-usap sa Kanya?

Mga Salita ng Payo

Hindi ba kayo nababalisa matapos ninyong marinig ang mga pahayag na ito? Bagamat maaaring ayaw ninyong makinig sa mga ito o ayaw ninyong tanggapin ang mga ito, totoo ang lahat ng ito. Dahil ang yugtong ito ng gawain ay isasagawa ng Diyos, kung wala kang pakialam sa Kanyang mga layunin, wala kang pakialam tungkol sa Kanyang saloobin, at hindi mo nauunawaan ang Kanyang diwa at disposisyon, sa huli, ikaw ang matatalo. Huwag sisihin ang Aking mga salita na mahirap dinggin, at huwag sisihin ang mga ito sa pagkawala ng inyong kasigasigan. Sinasabi Ko ang katotohanan; hindi Ko layunin na pahinain ang loob ninyo. Anuman ang hingin Ko sa inyo, at paano

man ninyo kinakailangang gawin ito, sana ay tumatahak kayo sa tamang landas at sumusunod sa daan ng Diyos, at hindi kayo lumilihis mula sa tamang landas kailanman. Kung hindi ka magpapatuloy alinsunod sa salita ng Diyos o sumusunod sa Kanyang daan, walang duda na naghihimagsik ka laban sa Diyos at lumihis ka na sa tamang landas. Sa gayon, palagay Ko ay may ilang bagay Akong kailangang linawin para sa inyo, at na kailangan Ko kayong paniwalain nang ganap, malinaw, at walang bahid ng kawalang-katiyakan, at ipaunawa sa inyo nang malinaw ang saloobin ng Diyos, ang Kanyang mga layunin, paano Niya ginagawang perpekto ang mga tao, at sa anong paraan Niya ipinapasya ang kahihinatnan ng mga tao. Kung sakaling dumating ang araw na hindi mo magawang tumahak sa landas na ito, wala Akong pananagutan, sapagkat naipahayag na sa iyo nang napakalinaw ang mga salitang ito. Patungkol sa kung paano mo pakikitunguhan ang sarili mong kahihinatnan, ito ay isang bagay na lubos na nakasalalay sa iyo. Hinggil sa kahihinatnan ng iba-ibang uri ng mga tao, may iba't ibang saloobin ang Diyos, mayroon Siyang sarili Niyang mga paraan sa pagtimbang sa kanila, pati na sarili Niyang pamantayan ng mga kinakailangan sa kanila. Ang Kanyang pamantayan sa pagtimbang sa kahihinatnan ng mga tao ay makatarungan para sa lahat—walang duda iyan! Samakatuwid, hindi kailangang matakot ang ilang tao. Naginhawahan na ba kayo ngayon? Iyan na lamang muna para sa ngayon. Paalam!

Oktubre 17, 2013

Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo I

Sa araw na ito ay magbabahagian tayo tungkol sa isang mahalagang paksa. Ito ay isang paksa na tinalakay na mula pa noong simula ng gawain ng Diyos at may napakalaking kahalagahan para sa bawat tao. Sa madaling salita, ito ay isang suliranin na mararanasan ng lahat sa buong proseso ng kanilang pananampalataya sa Diyos; ito ay isang suliranin na dapat maranasan. Ito ay isang napakahalaga, at di-maiiwasang suliranin na hindi maaaring takbuhan ng sangkatauhan. Kung pag-uusapan ang kahalagahan, ano ang pinakamahalagang bagay para sa bawat mananampalataya ng Diyos? Iniisip ng ilang tao na ang pinakamahalagang bagay ay ang maunawaan ang kalooban ng Diyos; naniniwala naman ang ilang tao na ang pinakamahalaga ay ang makakain at makainom ng mas marami pang mga salita ng Diyos; sa pakiramdam naman ng iba, ang pinakamahalagang bagay ay ang makilala ang kanilang mga sarili; sa opinyon ng iba, ang pinakamahalagang bagay ay ang malaman kung paano mahahanap ang kaligtasan sa pamamagitan ng Diyos, paano sumunod sa Diyos, at paano matutupad ang kalooban ng Diyos. Isasantabi nating lahat ang mga suliraning ito para sa araw na ito. Kaya ano ang tatalakayin natin kung ganoon? Ang paksa ay ang Diyos. Ito ba ang pinakamahalagang paksa para sa bawat tao? Ano ang mga napapaloob sa paksang ito? Siyempre, tiyak na hindi ito maihihiwalay mula sa disposisyon ng Diyos, sa diwa ng Diyos, at sa gawain ng Diyos. Kaya sa araw na ito ay talakayin natin “Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo.”

Mula sa panahong nagsimula ang tao na manampalataya sa Diyos, nadaanan na nila ang mga paksang tulad ng ang gawain ng Diyos, ang disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo. Pagdating sa gawain ng Diyos, sasabihin ng iba na: “Ang gawain ng Diyos ay ginagawa sa atin; nararanasan natin ito sa araw-araw, kaya hindi bago sa atin ang bagay na ito.” Kapag pinag-uusapan ang disposisyon ng Diyos, may ilang tao ang magsasabi na: “Ang disposisyon ng Diyos ay isang paksang aming pinag-aaralan, sinasaliksik, at pinagtutuunan sa aming buong buhay, kaya dapat na pamilyar kami rito.” Tungkol naman sa Diyos Mismo, sasabihin ng ilan na: “Ang Diyos Mismo ang aming sinusunod, ang aming pinapanampalatayaan, at ang Siyang aming sinisikap na maabot, kaya hindi kami mangmang tungkol sa Kanya.” Hindi kailanman huminto ang Diyos sa Kanyang gawain mula pa sa paglikha kung saan ay patuloy Niyang ipinahayag ang Kanyang disposisyon at ginamit ang iba’t ibang paraan upang ipahayag ang Kanyang salita. Kasabay nito, hindi Siya kailanman huminto sa pagpapahayag ng Sarili Niya at ng Kanyang diwa sa sangkatauhan, sa pagpapahayag ng Kanyang kalooban sa tao at kung ano ang hinihingi Niya mula sa tao. Kaya literal na hindi na dapat bago para sa sinuman ang mga paksang ito. Ngunit para sa mga taong sumusunod sa Diyos sa mga araw na ito, ang gawain ng Diyos, ang disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo ay talagang hindi pamilyar sa kanila. Bakit ganito ang kaso? Habang nararanasan ng tao

ang gawain ng Diyos, napakikitunguhan din nila ang Diyos kaya pakiramdam nila ay para bang nauunawaan nila ang disposisyon ng Diyos o nalalaman nila kung ano ang mga katangian nito. Kaya hindi iniisip ng tao na siya'y hindi pamilyar sa gawain ng Diyos o sa disposisyon ng Diyos. Sa halip, iniisip ng tao na kilalang-kilala niya ang Diyos at marami siyang nauunawaan tungkol sa Diyos. Ngunit batay sa kasalukuyang kalagayan, ang pagkakaunawa ng marami sa Diyos ay hanggang doon lamang sa mga nabasa nila sa mga aklat, limitado sa saklaw ng sariling mga karanasan, nahahadlangan ng kanilang mga imahinasyon, at higit sa lahat, umaabot lamang sa mga katunayang nakikita ng sarili nilang mga mata—ang lahat ng ito ay napakalayo mula sa tunay na Diyos Mismo. At gaano ba kalayo itong “malayo”? Marahil, ang tao mismo ay hindi sigurado, o marahil may kaunting pagkaunawa ang tao, may kaunting ideya—ngunit kapag tungkol ito sa Diyos Mismo, ang pagkaintindi ng tao sa Kanya ay napakalayo mula sa diwa ng totoong Diyos Mismo. Ito ang dahilan kung bakit para sa paksang tulad ng “Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo” ay kailangan nating magbahagian sa sistematiko at konkretong paraan.

Sa katunayan, ang disposisyon ng Diyos ay lantad sa lahat at hindi nakatago, dahil hindi kailanman sinadyang umiwas ng Diyos sa sinumang tao at hindi Niya kailanman sinadyang hangarin na itago ang Sarili Niya upang hindi Siya makilala o maunawaan ng mga tao. Ang disposisyon ng Diyos ay palaging bukas at palaging nakaharap sa bawat tao sa isang lantad na paraan. Sa pamamahala ng Diyos, ginagawa ng Diyos ang Kanyang gawain nang nakaharap sa lahat, at ginagawa Niya sa bawat tao ang Kanyang gawain. Sa paggawa Niya ng gawaing ito, patuloy Niyang ibinubunyag ang Kanyang disposisyon at patuloy Niyang ginagamit ang Kanyang diwa, kung anong mayroon at kung ano Siya, upang gabayan at tustusan ang bawat tao. Sa bawat panahon at sa bawat yugto, maganda man o pangit ang mga kalagayan, ang disposisyon ng Diyos ay laging lantad sa bawat indibidwal, at kung ano ang mayroon at kung ano Siya ay laging lantad sa bawat indibidwal, sa parehong paraan na ang Kanyang buhay ay palagi at walang-patid na naglalaan at sumusuporta sa sangkatauhan. Sa kabila ng lahat ng ito, ang disposisyon ng Diyos ay nananatiling nakatago para sa ilan. Bakit? Dahil bagama't nabubuhay ang mga taong ito sa loob ng gawain ng Diyos at sumusunod sila sa Diyos, hindi nila kailanman pinagsikapang unawain o ginustong makilala ang Diyos, at mas lalo na ang mapalapit sa Diyos. Para sa mga taong ito, ang pagkaunawa sa disposisyon ng Diyos ay nangangahulugang malapit na ang kanilang katapusan; nangangahulugan ito na malapit na silang hatulan at mapatunayang may sala sa pamamagitan ng disposisyon ng Diyos. Dahil dito, hindi kailanman ginusto ng mga taong ito na unawain ang Diyos o ang Kanyang disposisyon, at hindi nila sinikap na matamo ang mas malalim na pagkaunawa o kaalaman tungkol sa kalooban ng Diyos. Hindi nila nilalayong maintindihan ang kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng sinadyang pakikipagtulungan—habang-panahon lang sila na nagpapakasaya at hindi nagsasawa sa paggawa ng mga bagay na gusto nila; nananampalataya sa Diyos na nais nilang

panampalatayanan; nananampalataya sa Diyos na umiiral lamang sa kanilang mga imahinasyon, ang Diyos na umiiral lamang sa kanilang mga kuru-kuro; at nananampalataya sa isang Diyos na hindi maihihiwalay sa kanila sa araw-araw nilang pamumuhay. Pagdating sa tunay na Diyos Mismo, ganap silang umiiwas, walang pagnanais na maunawaan Siya o makinig sa Kanya, at mas lalo nang kakaunti ang layunin nila na mapalapit sa Kanya. Ginagamit lang nila ang mga salitang ipinahahayag ng Diyos upang pagandahin ang sarili nilang anyo, upang pabanguhin ang kanilang mga sarili. Para sa kanila, iyon na ang pagiging matatagumpay na mananampalataya at mga taong may pananampalataya sa Diyos sa kanilang mga puso. Sa kanilang mga puso, ginagabayan sila ng kanilang mga imahinasyon, ng kanilang mga kuru-kuro, at maging ng kanilang mga personal na pakahulugan sa Diyos. Sa kabilang banda, ang tunay na Diyos Mismo ay lubos na walang kaugnayan sa kanila. Dahil sa sandaling maunawaan nila ang tunay na Diyos Mismo, ang tunay na disposisyon ng Diyos, at kung anong mayroon at kung ano ang Diyos, nangangahulugan ito na parurusahan ang kanilang mga gawa, ang kanilang mga pananampalataya, at ang kanilang mga pinagkakaabalahan. Iyan ang dahilan kung bakit ayaw na ayaw nilang unawain ang diwa ng Diyos, at kung bakit ayaw nila at nag-aatubuli silang maging aktibo sa pagsasaliksik o pananalangin upang mas maunawaan ang Diyos, mas malaman ang kalooban ng Diyos, at mas maunawaan ang disposisyon ng Diyos. Mas gugustuhin pa nila na ang Diyos ay kathang-isip lamang, isang bagay na hungkag at malabo. Mas nanaisin pa nila na ang Diyos ay maging ganap na gaya ng nasa imahinasyon nila, isang Diyos na sunud-sunuran sa kanila, di-nauubos ang panustos at laging nariyan. Kapag nais nilang tamasahin ang biyaya ng Diyos, hinihiling nila sa Diyos na maging Siya ang biyayang iyon. Kapag kailangan nila ang pagpapala ng Diyos, hinihiling nila sa Diyos na maging Siya ang pagpapalang iyon. Kapag humaharap sila sa kahirapan, hinihiling nila sa Diyos na palakasin ang kanilang loob, na maging tagasalo nila. Ang kaalaman ng mga taong ito tungkol sa Diyos ay nananatili sa nasasaklawan ng biyaya at pagpapala. Ang pagkaunawa nila sa gawain ng Diyos, disposisyon ng Diyos, at sa Diyos Mismo ay nalilimitahan din lamang ng kanilang mga imahinasyon at ng mga titik at doktrina. Ngunit may ilang taong sabik na maunawaan ang disposisyon ng Diyos, nagnanais na tunay na makita ang Diyos Mismo, at tunay na maunawaan ang disposisyon ng Diyos at kung ano ang mayroon at kung ano Siya. Ang mga taong ito ay nagpupursiging mahanap ang realidad ng katotohanan at kaligtasan ng Diyos, at nagnanais na matanggap ang paglupig, pagliligtas, at pagpeperpekto ng Diyos. Ginagamit nila ang kanilang mga puso upang basahin ang salita ng Diyos, ginagamit ang kanilang mga puso upang pahalagahan ang bawat kalagayan at bawat tao, pangyayari, o bagay na isinaayos ng Diyos para sa kanila, at nananalangin at nagsasaliksik sila nang may katapatan. Ang nais nila higit sa lahat ay ang malaman ang kalooban ng Diyos at maunawaan ang tunay na disposisyon at diwa ng Diyos, upang hindi na sila magkasala sa Diyos, at sa pamamagitan ng kanilang mga karanasan ay mas makita pa nila ang pagiging kaibig-ibig

ng Diyos at ang tunay Niyang Sarili. Ito rin ay upang umiral ang talagang tunay na Diyos sa kanilang mga puso, at upang magkaroon ang Diyos ng lugar sa kanilang mga puso, sa paraang hindi na sila mabubuhay sa mga imahinasyon, kuru-kuro, o kalabuan. Para sa mga taong ito, ang dahilan kung bakit mayroon silang matinding kagustuhan na maunawaan ang disposisyon ng Diyos at ang Kanyang diwa ay dahil ang disposisyon at diwa ng Diyos ay mga bagay na kailangan ng sangkatauhan sa bawat sandali ng kanilang mga karanasan; ang Kanyang disposition at diwa ang tumutustos ng buhay sa buong buhay ng tao. Sa sandaling maunawaan nila ang disposisyon ng Diyos, magagawa nilang mas mahusay na igalang ang Diyos, mas mahusay na makipagtulungan sa gawain ng Diyos, at mas isaalang-alang ang kalooban ng Diyos at tuparin ang kanilang tungkulin sa abot ng kanilang mga kakayahan. Ganito ang mga saloobin sa disposisyon ng Diyos ng dalawang uri ng tao. Ang unang uri ay ayaw maunawaan ang disposisyon ng Diyos. Kahit pa sabihin nilang nais nilang maunawaan ang disposisyon ng Diyos, makilala ang Diyos Mismo, makita kung anong mayroon at kung ano ang Diyos, at talagang pahalagahan ang kalooban ng Diyos, sa kaibuturan ng kanilang mga kalooban mas gugustuhin nilang wala na lang Diyos. Ito ay dahil palaging sumusuway at lumalaban sa Diyos ang ganitong uri ng mga tao; nilalabanan nila ang Diyos para sa puwesto sa sarili nilang mga puso at madalas ay nagdududa o itinatanggi pa na mayroong Diyos. Ayaw nilang hayaang manahan sa kanilang mga puso ang disposisyon ng Diyos o ang Diyos Mismo. Nais lang nilang bigyang-kasiyahan ang sarili nilang mga kagustuhan, mga imahinasyon, at mga ambisyon. Kaya ang mga taong ito ay maaaring nananampalataya sa Diyos, sumusunod sa Diyos, at maaari ring isinasakripisyo ang kanilang mga pamilya at hanapbuhay para sa Kanya, ngunit hindi sila humihinto sa kanilang masasamang nakagawian. Ang iba pa nga ay nagnanakaw o nagwawaldas ng mga handog, o isinusumpa ang Diyos nang palihim, samantalang maaaring ginagamit ng iba ang kanilang mga katungkulan upang paulit-ulit na magpatotoo tungkol sa kanilang mga sarili, labis na itaas ang kanilang mga sarili, at makipag-agawan sa Diyos para sa mga tao at katungkulan. Gumagamit sila ng sari-saring paraan at hakbang parasambahin sila ng mga tao, palaging sinusubukang makuha ang mga tao at kontrolin sila. Ang mga iba nga ay sinasadya pang ilihis ang mga tao para isiping sila ay Diyos upang maaari silang tratuhing parang Diyos. Hinding-hindi nila sasabihin sa mga tao na sila ay naging tiwali na—na sila rin ay tiwali at mayabang, na huwag silang sambahin, na ga’no man kahusay ang ginagawa nila, ito ay dahil lamang sa pagtataas ng Diyos at ginagawa lamang nila ang dapat nilang gawin. Bakit hindi nila sinasabi ang mga bagay na ito? Dahil lubha silang natatakot na mawala ang kanilang lugar sa puso ng mga tao. Ito ang dahilan kung bakit ang mga taong tulad nila ay hindi kailanman dumakila sa Diyos at hindi kailanman sumaksi tungkol sa Diyos, katulad ng hindi kailanman nila pagsubok na unawain ang Diyos. Maaari ba nilang makilala ang Diyos nang hindi Siya nauunawaan? Imposible! Samakatwid, bagama’t maaaring simple ang mga salita sa paksang “Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng

Diyos, at ang Diyos Mismo,” ang kahulugan ng mga ito ay hindi pare-pareho para sa bawat tao. Para sa isang taong madalas na sumuway sa Diyos, lumalaban sa Diyos, at masama ang pakikitungo sa Diyos, ang mga salitang ito ay nangangahulugang pagpaparusa; samantalang ang isang tao na naghahangad ng realidad ng katotohanan at madalas na lumalapit sa Diyos upang hanapin ang kalooban ng Diyos ay tatanggapin ang ganitong mga salita na parang isdang pinakawalan sa tubig. Mayroon sa inyo na kapag nakarinig ng usaping tungkol sa disposisyon ng Diyos at gawain ng Diyos ay nagsisimulang sumakit ang ulo, napupuno ng panlalaban ang kanilang mga puso, at sila ay nagiging napakabalisa. Ngunit may mga iba sa inyo na nararamdamang ang paksang ito ang ganap na kailangan nila, dahil lubha itong kapaki-pakinabang sa kanila. Isa itong bagay na hindi maaaring mawala sa kanilang karanasan sa buhay; ito ang pinakamahalaga sa pinakamahalaga, ang pundasyon ng pananampalataya sa Diyos, at isang bagay na hindi maaaring talikuran ng sangkatauhan. Para sa inyong lahat, ang paksang ito ay maaaring tila ba parehong malapit at malayo, hindi alam ngunit pamilyar. Ngunit ano pa man, ito ay paksa na dapat pakinggan, dapat malaman, at dapat maunawaan ng lahat. Kahit paano mo man ito hinaharap, kahit paano mo man ito tinitingnan o paano mo man ito inuunawa, ang kahalagahan ng paksang ito ay hindi maaaring ipagsawalang-bahala.

Ginagawa na ng Diyos ang Kanyang gawain simula pa noong nilikha Niya ang sangkatauhan. Noong simula, napakasimpleng gawain lang iyon, ngunit sa kabila ng kasimplehan nito, taglay nito ang mga pagpapahayag ng diwa at disposisyon ng Diyos. Samantalang ang gawain ng Diyos ngayon ay nasa mas mataas na antas, at ang gawaing ito sa bawat taong sumusunod sa Kanya ay naging napakalawak at konkreto, nang may dakilang pagpapahayag ng Kanyang salita, ang persona ng Diyos sa lahat ng panahon ay inilihim sa sangkatauhan. Bagama’t dalawang beses na Siyang nagkatawang-tao, mula sa panahon ng mga nasusulat sa Bibliya hanggang sa modernong panahon, sino na ang nakakita kailanman sa tunay na persona ng Diyos? Batay sa inyong pang-unawa, kailanman mayroon bang sinuman ang nakakita sa tunay na persona ng Diyos? Wala. Walang sinuman ang nakakita sa tunay na persona ng Diyos, na nangangahulugang walang sinuman ang kailanman ay nakakita sa tunay na sarili ng Diyos. Isang bagay ito na sinasang-ayunan ng lahat. Ang ibig sabihin, ang tunay na persona ng Diyos, o ang Espiritu ng Diyos, ay nakatago mula sa lahat ng sangkatauhan, kasama na sina Adan at Eba, na Kanyang nilikha, at kasama na rin ang matuwid na si Job, na Kanyang tinanggap. Wala sa kanilang nakakita ng tunay na persona ng Diyos. Ngunit bakit sinasadya ng Diyos na itago ang Kanyang tunay na persona? Sabi ng ilang tao: “Natatakot ang Diyos na makapanakot ng mga tao.” Sabi ng iba: “Itinatago ng Diyos ang Kanyang tunay na persona dahil masyadong maliit ang tao at ang Diyos ay masyadong dakila; hindi Siya maaaring makita ng mga tao, o mamamatay sila.” Mayroon ding mga nagsasabing: “Abala ang Diyos sa pamamahala ng Kanyang gawain sa araw-araw, at baka wala Siyang panahon na magpakita upang makita Siya ng mga tao.” Ano

man ang inyong paniniwala, may konklusyon Ako rito. Ano ang konklusyon na iyan? Iyon ay dahil hindi lamang gusto ng Diyos na makita ng tao ang tunay Niyang persona. Ang manatiling nakatago mula sa sangkatauhan ay isang bagay na sinasadyang gawin ng Diyos. Sa madaling salita, layunin ng Diyos na hindi makita ng mga tao ang tunay Niyang persona. Malinaw na dapat ito sa lahat. Kung hindi kailanman ibinunyag ng Diyos ang Kanyang persona sa kanino man, sa palagay ba ninyo ay umiiral ang persona ng Diyos? (Umiiral Siya.) Siyempre umiiral Siya. Walang duda na umiiral ang persona ng Diyos. Ngunit kung gaano kadakila ang persona ng Diyos o kung ano ang Kanyang anyo, ito ba ay mga katanungan na dapat saliksikin ng sangkatauhan? Hindi. Ang sagot ay negatibo. Kung ang persona ng Diyos ay isang paksang hindi natin dapat ginagalugad, samakatuwid ano ang tanong na dapat nating bigyang-pansin? (Ang disposisyon ng Diyos.) (Ang gawain ng Diyos.) Ngunit bago tayo magbahagian tungkol sa opisyal na paksa, gayon man, balikan natin ang ating tinatalakay kani-kanina lang: Bakit hindi kailanman ibinunyag ng Diyos ang Kanyang persona sa sangkatauhan? Bakit sinasadyang itago ng Diyos ang Kanyang persona sa sangkatauhan? Mayroon lamang iisang dahilan, at iyon ay: Bagama't ang tao na nilikha ng Diyos ay dumanas na sa libu-libong taon ng Kanyang paggawa, wala ni isang taong nakaaalam sa gawain ng Diyos, sa disposisyon ng Diyos, at sa diwa ng Diyos. Ang mga ganoong tao sa mata ng Diyos, ay sumasalungat sa Kanya, at hindi ipinapakita ng Diyos ang Sarili Niya sa mga taong kumakalaban sa Kanya. Ito ang tanging dahilan kung bakit hindi kailanman ibinunyag ng Diyos sa sangkatauhan ang Kanyang persona at kung bakit sinasadya Niyang sanggahan ang Kanyang persona mula sa sangkatauhan. Malinaw na ba sa inyo ang kahalagahan ng pag-alam sa disposisyon ng Diyos?

Simula noong nagkaroon ng pamamahala ng Diyos, lagi na Siyang nakatalagang lubos sa pagsasagawa ng Kanyang gawain. Sa kabila ng pagtatakip ng Kanyang persona mula sa tao, palagi lang Siyang nasa tabi ng tao, gumagawa sa tao, nagpapahayag ng Kanyang disposisyon, ginagabayan ang lahat ng sangkatauhan sa pamamagitan ng Kanyang diwa, at ginagawa ang Kanyang gawain sa bawat isang tao gamit ang Kanyang kalakasan, ang Kanyang karunungan, at ang Kanyang awtoridad, kung kaya't nagkaroon ng Kapanahunan ng Kautusan, Kapanahunan ng Biyaya, at ng Kapanahunan ng Kaharian sa kasalukuyan. Bagama't itinatago ng Diyos ang Kanyang persona mula sa tao, ang Kanyang disposisyon, kung ano Siya at kung anong mayroon Siya, at ang Kanyang kalooban sa sangkatauhan ay walang pangingiming ipinahahayag sa tao upang makita at maranasan ng tao. Sa madaling salita, kahit hindi makita o mahipo ng mga tao ang Diyos, ang disposisyon at diwa ng Diyos na naranasan ng sangkatauhan ay lubos na mga pagpapahayag ng Mismong Diyos. Hindi ba iyan ang katotohanan? Anumang paraan o anggulong pinipili ng Diyos para sa Kanyang gawain, palagi Niyang tinatrato ang mga tao nang nasa Kanyang totoong pagkakakilanlan, ginagawa ang dapat Niyang gawin at sinasabi ang mga salitang dapat Niyang sabihin. Mula sa anumang katayuan mangusap ang Diyos—maaaring nakatayo Siya sa ikatlong

kalangitan, o nakatayo sa katawang-tao, o kahit bilang isang karaniwang tao—lagi Siyang nangungusap sa tao nang buong puso at sa Kanyang buong kaisipan, nang walang pandaraya o pagkukubli. Kapag ginagawa Niya ang Kanyang gawain, ipinahahayag ng Diyos ang Kanyang salita at ang Kanyang disposisyon, at ipinahahayag kung anong mayroon at kung ano ang Diyos, nang walang anumang pangingimi. Ginagabayan Niya ang sangkatauhan sa pamamagitan ng Kanyang buhay, at kung ano Siya at kung anong mayroon Siya. Ganito nabuhay ang tao sa Kapanahunan ng Kautusan—ang panahon ng kamusmusan ng katauhan—sa ilalim ng paggabay ng “di-makita at di-mahipong” Diyos.

Unang nagkatawang-tao ang Diyos matapos ang Kapanahunan ng Kautusan—isang pagkakatawang-tao na tumagal ng tatlumpu’t tatlo at kalahating taon. Para sa isang tao, ang tatlumpu’t tatlo at kalahating taon ba ay mahabang panahon? (Hindi ito mahaba.) Dahil ang buhay ng isang tao ay karaniwang mas mahaba sa mahigit tatlumpung taon, hindi ito gaanong matagal para sa tao. Ngunit para sa Diyos na nagkatawang-tao, talagang napakahaba itong tatlumpu’t tatlo at kalahating taon. Siya ay naging tao—isang karaniwang tao na isinakatuparan ang gawain at utos ng Diyos. Ito ay nangangahulugang kinailangan Niyang gawin ang gawain na hindi kaya ng karaniwang tao, habang tinitii din ang pagdurusang hindi kayang tiisin ng karaniwang mga tao. Ang tindi ng pagdurusang tiniis ng Panginoong Jesus noong Kapanahunan ng Biyaya, mula sa simula ng Kanyang gawain hanggang noong ipinako Siya sa krus, ay isang bagay na maaaring hindi nakita mismo ng mga tao sa panahong ito, ngunit hindi ba kayo magkakaroon ng kahit kaunting ideya nito sa pamamagitan ng mga kuwento sa Bibliya? Gaano man karami ang mga detalyeng kasama sa mga naitalang ito, sa lahat-lahat, ang gawain ng Diyos sa panahong ito ay punung-puno ng paghihirap at pagdurusang. Para sa isang tiwali na tao, hindi matagal ang panahon na tatlumpu’t tatlo at kalahating taon; ang kaunting pagdurusang ay balewala lang. Ngunit para sa banal at walang-dungis na Diyos, na kinailangang magpasan sa lahat ng kasalanan ng sangkatauhan, at kumain, matulog, at mabuhay kasama ang mga makasalanan, masyadong malubha ang pasakit na ito. Siya ang Lumikha, ang Pinakamakapangyarihan sa lahat ng bagay at ang Pinuno ng lahat, ngunit noong pumarito Siya sa mundo, kinailangan Niyang tiisin ang pang-aapi at kalupitan ng mga tiwaling tao. Upang matapos Niya ang Kanyang gawain at mailigtas ang sangkatauhan mula karagatan ng paghihirap, kinailangan Siyang kondenahin ng tao, at pasanin ang mga kasalanan ng buong sangkatauhan. Ang hangganan ng pagdurusang pinagdaanan Niya ay hindi posibleng maarok ni sapat na mapahalagahan ng mga pangkaraniwang tao. Ano ang kinakatawan ng pagdurusang ito? Kinakatawan nito ang katapatan ng Diyos sa sangkatauhan. Kinakatawan nito ang kahihiyang pinagdusahan Niya at ang halagang binayaran Niya para sa kaligtasan ng tao, upang tubusin ang kanilang mga kasalanan, at upang tapusin ang bahaging ito ng Kanyang gawain. Nangangahulugan din ito na ang tao ay matutubos ng Diyos mula sa krus. Ito ay halagang binayaran gamit ang dugo, gamit ang buhay, at isang halagang di-kayang

bayaran ng sinumang nilikha. Iyon ay dahil mayroon Siyang diwa ng Diyos at nasa Kanya ang kung anong mayroon at kung ano ang Diyos kaya nakayanan Niya ang ganitong uri ng pagdurusa at naisakatuparan ang ganitong uri ng gawain. Hindi makahahalili sa Kanya sa paggawa ng bagay na ito ang sinumang nilikha Niya. Ito ang gawain ng Diyos sa Kapanahunan ng Biyaya at isang pagbubunyag ng Kanyang disposisyon. Nagbunyag ba ito ng anuman tungkol sa kung anong mayroon at kung ano ang Diyos? Dapat lang ba na malaman ito ng sangkatauhan? Sa panahong iyon, bagama't hindi nakita ng tao ang persona ng Diyos, tinanggap nila ang handog ng Diyos para sa kasalanan at natubos sila ng Diyos mula sa krus. Maaaring hindi ganap na walang alam ang sangkatauhan tungkol sa gawaing ginawa ng Diyos sa Kapanahunan ng Biyaya, ngunit mayroon bang nakaaalam sa disposisyon at kaloobang ipinahayag ng Diyos sa panahong ito? Alam lang ng tao ang tungkol sa mga detalye ng gawain ng Diyos sa iba't ibang panahon at sa pamamagitan ng iba't ibang mga paraan, o may alam sila tungkol sa mga kuwentong may kaugnayan sa Diyos na naganap kasabay ng pagsasagawa ng Diyos sa Kanyang gawain. Ang mga detalye at mga kuwentong ito ay ilang impormasyon o mga alamat lamang na tungkol sa Diyos, at walang kaugnayan sa disposisyon ng Diyos at diwa. Kaya kahit na gaano karaming kuwento ang alam ng tao tungkol sa Diyos, hindi ito nangangahulugan na may malalim silang pagkaunawa at kaalaman tungkol sa disposisyon ng Diyos o Kanyang diwa. Katulad noong Kapanahunan ng Kautusan, bagama't ang mga tao mula sa Kapanahunan ng Biyaya ay nakaranas ng isang malapitan at malalim na karanasan kasama ng Diyos sa katawang-tao, sa katunayan wala silang kaalaman tungkol sa disposisyon ng Diyos at diwa ng Diyos.

Sa Kapanahunan ng Kaharian, muling nagkatawang-tao ang Diyos, katulad ng ginawa Niya noong unang beses. Sa panahong ito ng paggawa, ipinahahayag pa rin ng Diyos nang walang pangingimi ang Kanyang salita, ginagawa ang gawaing dapat Niyang isakatuparan at ipinahahayag kung anong mayroon at kung ano Siya. Kasabay nito, patuloy Niyang tinitii at pinagbibigyan ang pagkasuwail at kamangmangan ng tao. Hindi ba patuloy pa rin ang Diyos sa pagbunyag ng Kanyang disposisyon at ipinapahayag ang Kanyang kalooban sa panahong ito ng paggawa? Samakatuwid, mula sa pagkalikha ng tao hanggang ngayon, ang disposisyon ng Diyos, kung ano Siya at anong mayroon Siya, at ang Kanyang kalooban, ay palaging lantad sa bawat tao. Hindi kailanman sinadyang itago ng Diyos ang Kanyang diwa, ang Kanyang disposisyon, o ang Kanyang kalooban. Wala lang talagang pagpapahalaga ang sangkatauhan tungkol sa kung ano ang ginagawa ng Diyos, kung ano ang Kanyang kalooban—kaya ang pagkaunawa ng tao sa Diyos ay lubhang kahabag-habag. Sa madaling salita, habang itinatago ng Diyos ang Kanyang persona, Siya ay nakaabang rin sa tabi ng sangkatauhan sa bawat sandali, lantad na ipinaaabot ang Kanyang kalooban, disposisyon, at diwa sa lahat ng oras. Sa isang dako, ang persona ng Diyos ay lantad rin sa mga tao, ngunit dahil sa pagkabulag at pagkasuwail ng tao, hindi nila kailanman namalas ang pagpapakita ng Diyos. Kaya

kung ganyan ang kalagayan, hindi ba dapat na madali para sa lahat ang pag-unawa sa disposisyon ng Diyos at sa Diyos Mismo? Napakahirap sagutin ang tanong na iyan, hindi ba? Maaari mong sabihing madali iyan, ngunit habang nagsusumikap ang ilang tao na makilala ang Diyos, hindi talaga nila makilala ang Diyos o magkaroon ng malinaw na pagkaunawa sa Kanya—palaging malabo at hindi maliwanag. Ngunit kung sasabihin mong ito’y hindi madali, hindi rin naman ito tama. Sa tagal nilang pagiging pakay ng gawain ng Diyos, lahat ay nararapat, sa pamamagitan ng kanilang mga karanasan, na magkaroon ng totoong mga pakikitungo sa Diyos. Nadama man lamang dapat nila ang Diyos sa anumang antas sa kanilang mga puso o espirituwal na nakatagpo ang Diyos, at dapat ay nagkaroon man lamang sila ng kaunting mapang-unawang kamalayan sa disposisyon ng Diyos o nagkaroon ng kaunting pagkaunawa sa Kanya. Mula noong panahong nagsimula ang taong sumunod sa Diyos hanggang ngayon, masyado nang marami ang natanggap ng sangkatauhan, ngunit dahil sa lahat ng uri ng dahilan—ang mababang kalibre ng tao, kamangmangan, pagiging rebelde, at sari-saring mga layunin—masyadong marami rin ang nawala ng sangkatauhan. Hindi pa ba sapat ang mga naibigay ng Diyos sa sangkatauhan? Bagama’t itinatago ng Diyos ang Kanyang persona sa sangkatauhan, tinutustusan Niya ang mga tao ng kung anong mayroon Siya, ng kung ano Siya at ng buhay Niya; ang kaalaman ng sangkatauhan tungkol sa Diyos ay hindi lamang dapat kung ano ito ngayon. Kaya sa palagay Ko ay kailangang mas magbahagi sa inyo ng tungkol sa paksang ang gawain ng Diyos, ang disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo. Ang layunin ay upang hindi mauwi sa wala ang ilang libong taon na pag-aalaga at pagsasaalang-alang na inilaan ng Diyos sa tao, at upang tunay na maunawaan ng sangkatauhan at mapahalagahan ang kalooban ng Diyos para sa kanila. Ito ay upang makausad ang mga tao sa isang bagong hakbang sa kanilang pagkakilala sa Diyos. Maibabalik rin nito ang Diyos sa Kanyang tunay na lugar sa puso ng mga tao, upang mabigyan Siya ng katarungan.

Upang maunawaan ang disposisyon ng Diyos at ang Diyos Mismo, kailangan ninyong magsimula sa isang bagay na napakaliit. Ngunit mula sa kaunting bahagi ng alin kayo magsisimula? Para magsimula, pumili Ako ng ilang kabanata sa Bibliya. Ang impormasyon sa ibaba ay naglalaman ng mga bersikulo sa Bibliya, na may kaugnayan lahat sa paksang gawain ng Diyos, disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo. Natuklasan Ko mismo ang mga siping ito bilang sanggunian para matulungan kayong malaman ang gawain ng Diyos, ang disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo. Sa pamamagitan ng pagbabahagian ng mga ito, makikita natin kung anong uri ng disposisyon ang ipinahayag ng Diyos sa Kanyang nakaraang gawain at kung anong mga aspeto ng Kanyang diwa ang hindi nalalaman ng tao. Maaaring luma ang mga kabanatang ito, ngunit ang paksang ating ibinabahagi sa isa’t isa ay isang bagong bagay na wala sa mga tao at hindi pa nila kailanman narinig. Maaaring ituring ito ng ilan sa inyo bilang hindi kapani-paniwala—hindi ba’t ang pag-usapan sina Adan at Eba at ang pagbalik kay Noe ay muling pagbabalik sa nadaanan na natin? Anuman

ang inyong palagay, ang mga kabanatang ito ay lubhang kapaki-pakinabang na magbahagian tungkol sa paksang ito at maaaring maging mga panturong teksto o mga pangunahing gamit para sa pagbabahaginan sa araw na ito. Sa oras na matapos Ko ang pagkikipagbahagian na ito, mauunawaan ninyo ang Aking mga layunin sa pagpili Ko sa mga kabanatang ito. Maaaring nabasa na ng mga nakabasa ng Bibliya ang ilan sa mga bersikulong ito, ngunit hindi totoo naunawaan ang mga ito. Pagbalik-aralan muna natin ang mga ito nang pahapyaw bago natin isa-isahin ang mga ito nang mas detalyado sa ating pagbabahagian.

Si Adan at si Eba ang mga ninuno ng sangkatauhan. Kung magbanggit tayo ng mga tauhan mula sa Bibliya, dapat tayong magsimula sa kanilang dalawa. Ang kasunod ay si Noe, ang ikalawang ninuno ng sangkatauhan. Sino ang pangatlong karakter? (Abraham.) Alam ba ninyong lahat ang tungkol sa kuwento ni Abraham? Marahil ay alam ito ng ilan sa inyo, ngunit para sa iba, marahil ay hindi ito gaanong malinaw. Sino ang ikaapat na karakter? Sino ang binabanggit sa kuwento ng pagkawasak ng Sodoma? (Lot.) Ngunit si Lot ay hindi tinukoy dito. Sino ang tinutukoy dito? (Abraham.) Ang pangunahing bagay na binanggit sa kuwento ni Abraham ay kung ano ang sinabi ng Diyos na si Jehova. Nakikita ba ninyo ito? Sino ang ikalimang karakter? (Job.) Hindi ba napakarami ang binanggit ng Diyos sa kuwento ni Job sa kasalukuyang yugtong ito ng Kanyang gawain? Kung ganoon napakahalaga ba sa inyo ang tungkol sa kuwentong ito? Kung napakahalaga nga ito sa inyo, maingat ba ninyong binasa ang kuwento ni Job sa Bibliya? Alam ba ninyo ang mga bagay na sinabi ni Job, at ang mga bagay na ginawa niya? Sa inyo na nakabasa na nang pinakamadalas, ilang beses na ninyong nabasa ito? Madalas ba ninyong basahin ito? Mga kapatirang kababaihan mula sa Hong Kong, pakisabi sa amin. (Binasa ko ito ng ilang beses dati noong nasa Kapanahunan ng Biyaya tayo.) Hindi mo ba ulit nabasa ito mula noon? Nakakalungkot iyon. Hayaan ninyong sabihin Ko sa inyo: Sa yugtong ito ng gawain ng Diyos, binanggit Niya si Job nang maraming beses, na sumasalamain sa Kanyang mga layunin. Na binanggit Niya si Job nang maraming beses ngunit hindi ito nakatawag-pansin sa inyo ay bagay na patotoo sa isang katotohanan: Wala kayong nais na maging mga taong matuwid at mga taong may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan. Dahil masaya na kayo na may pahapyaw na kaalaman tungkol sa kuwento ni Job na tinukoy ng Diyos. Kontento na kayong maunawaan lamang ang mismong kuwento, ngunit hindi ninyo inaalala at hindi sinusubukang unawain ang mga detalye kung sino si Job at ang layunin kung bakit tinukoy ng Diyos si Job sa napakaraming pagkakataon. Kung hindi kayo interesado sa ganoong tao na pinuri ng Diyos, kung ganoon ano ba talaga ang pinag-uukulan ninyo ng pansin? Kung hindi kayo interesado o hindi ninyo sinusubukang maunawaan ang ganoong kahalagang tao na binanggit ng Diyos, ano ang maaaring ipinahihiwatig niyan tungkol sa saloobin ninyo sa salita ng Diyos? Hindi ba napakalungkot niyan? Hindi ba nito pinatutunayang karamihan sa inyo ay hindi nagsasagawa ng mga praktikal na bagay ni naghahanap ng katotohanan? Kung talagang hinahanap mo ang katotohanan, bibigyan mo ng kaukulang-pansin ang

mga taong kinaluluguran ng Diyos at ang mga kuwento ng mga tauhang binanggit ng Diyos. Kung kaya mo man o hindi na pantayan sila o kung naaantig ka man o hindi sa mga kuwento nila, pupuntahan mo agad at babasahin ang tungkol sa kanila, susubukang intindihin sila, hahanap ng paraang sundin ang halimbawa nila, at gagawin mo ang lahat sa abot ng iyong kakayahan. Ito ang dapat gawin ng isang taong naghahangad ng katotohanan. Ngunit sa totoo lang, karamihan sa inyo na nakaupo rito ay hindi kailanman nabasa ang kuwento ni Job at talagang may ipinahihiwatig ito.

Balikan natin ang paksang katatalakay Ko lamang. Sa bahaging ito ng Kasulatang tumatalakay sa Kapanahunan ng Kautusan sa Lumang Tipan, pinili kong magtuon sa ilang kuwento tungkol sa pinakakumakatawang mga tauhan na pamilyar sa karamihan ng mga taong nakabasa na ng Bibliya. Madarama ng sinumang nagbabasa ng mga kuwentong tungkol sa mga tauhang ito na ang gawaing ginawa ng Diyos sa kanila at ang mga salitang sinabi ng Diyos sa kanila ay kasing konkreto at posible sa mga tao sa kasalukuyan. Kapag binasa mo ang mga kuwento, ang mga talang ito mula sa Bibliya, mas mauunawaan mo kung paano ginawa ng Diyos ang Kanyang gawain at pinakitunguhan ang mga tao noong panahong iyon ng kasaysayan. Ngunit ang dahilan kung bakit ko piniling talakayin ang mga kabanatang ito ngayon ay hindi upang masubukan mong magtuon sa mismong mga kuwento o sa mga tauhang napapaloob rito. Sa halip, ito ay upang magawa mong makita—sa pamamagitan ng mga kuwento ng mga tauhang ito—ang mga gawain ng Diyos at ang disposisyon Niya. Ito ay magbibigay-kakayahan sa iyo na mas madaling makilala at maunawaan ang Diyos, makita ang tunay na Siya; iwawaksi nito ang iyong mga haka-haka at kuru-kuro tungkol sa Kanya, at tutulungan kang bumaling palayo sa pananampalatayang napaliligiran ng kalabuan. Maliban na lang kung mayroon kang matibay na pundasyon, ang subukang intindihin ang disposisyon ng Diyos at kilalanin ang Diyos Mismo ay madalas na maaaring makapagpadama sa iyo ng kawalang-kakayahan, kahinaan, at kawalang-katiyakan kung saan magsisimula. Ito ang nag-udyok sa Akin na bumuo ng isang sistema at pamamaraan na makakatulong sa iyo na mas maunawaan ang Diyos, mas tunay na mapahalagahan ang kalooban ng Diyos, malaman ang tungkol sa disposisyon ng Diyos at sa Diyos Mismo, at magtutulot sa iyo na totoong madama ang pag-iral ng Diyos at mapahalagahan ang Kanyang kalooban para sa sangkatauhan. Hindi ba kapaki-pakinabang ang lahat ng ito sa inyo? Ano ngayon ang nararamdaman ninyo sa inyong mga puso kapag muli ninyong tiningnan ang mga kuwento at ang mga bahagi ng Kasulatan na ito? Sa palagay ba ninyo ay kalabisan ang mga bahagi ng Kasulatang pinili Ko? Kailangan Kong bigyang-diin muli ang kasasabi Ko lang sa inyo: Ang layunin ng pagpapabasa sa inyo ng mga kuwento ng mga tauhang ito ay upang tulungan kayong makita kung paano isinasakatuparan ng Diyos ang Kanyang gawain sa mga tao at mas maintindihan ang Kanyang saloobin sa sangkatauhan. Ano ang tutulong sa inyo na maabot ang ganitong pagkaunawa? Ang pag-unawa sa gawaing naisagawa ng Diyos sa nakaraan, at ang pag-uugnay nito sa gawaing ginagawa ng Diyos sa

kasalukuyan—ito ang tutulong sa inyong maunawaan ang Kanyang di-mabilang na aspeto. Ang di-mabilang na aspetong ito ay totoo at dapat na malaman at maunawaan ng mga nagnanais na makilala ang Diyos.

Magsisimula tayo sa kuwento nina Adan at Eba, na nagsisimula sa isang sipi sa Kasulatan.

A. Adan at Eba

1. Ang Utos ng Diyos kay Adan

Genesis 2:15–17 At kinuha ng Diyos na si Jehova ang lalaki at inilagay sa halamanan ng Eden, upang Kanyang alagaan at ingatan. At iniutos ng Diyos na si Jehova sa lalaki, na sinabi, “Sa lahat ng punong kahoy sa halamanan ay makakakain ka nang may kalayaan: Datapuwat sa kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama ay huwag kang kakain; sapagkat sa araw na ikaw ay kumain niyaon ay walang pagsalang mamamatay ka.”

Ano ang mga napulot ninyo mula sa mga bersikulong ito? Ano ang naramdaman ninyo sa bahaging ito ng Kasulatan? Bakit Ako nagpasyang magsalita tungkol sa Utos ng Diyos kay Adan? Ang bawat isa ba sa inyo ay may larawan ng Diyos at ni Adan sa inyong isipan? Maaari ninyong subukin na guni-gunihin: Kung kayo iyong naroon sa eksenang iyon, sa kaibuturan ninyo, ano sa palagay ninyo ang magiging anyo ng Diyos? Ano ang nararamdaman ninyo habang iniisip ninyo ito? Ito ay nakapupukaw at makabagbag-damdaming larawan. Bagama’t ang Diyos at ang tao lamang ang narito, ang pagiging malapit nila sa isa’t isa ay ay pumupuspos sa inyo ng paghanga: Ang masaganang pag-ibig ng Diyos ay malayang ipinagkaloob sa tao at bumabalot sa tao; ang tao ay inosente at dalisay, walang mga dinadala at alalahanin, napakaligayang nabubuhay sa ilalim ng pagtingin ng Diyos; nagpapakita ang Diyos ng malasakit para sa tao, habang ang tao ay nabubuhay sa ilalim ng pag-iingat at pagpapala ng Diyos; ang bawat bagay na ginagawa at sinasabi ng tao ay malapit na nakaugnay at hindi maihihiwalay sa Diyos.

Maaari itong tawagin na unang utos na ibinigay ng Diyos sa tao simula noong nilikha siya. Ano ang nilalaman ng utos na ito? Taglay nito ang kalooban ng Diyos, ngunit taglay rin nito ang Kanyang mga alalahanin para sa sangkatauhan. Ito ang unang utos ng Diyos, at ito rin ang unang pagkakataon na ipinahayag ng Diyos ang Kanyang pag-aalala sa tao. Ibig sabihin nito ay nadama ng Diyos ang pananagutan sa tao mula pa noong sandaling nilikha Niya siya. Ano ang Kanyang pananagutan? Kailangan Niyang ingatan ang tao, alagaan ang tao. Umaasa Siyang magtitiwala at susunod ang tao sa Kanyang mga salita. Ito rin ang unang inaasahan ng Diyos mula sa tao. Dahil sa pag-asang ito kaya sinasabi ng Diyos ang mga sumusunod: “Sa lahat ng punong kahoy sa halamanan ay makakakain ka nang may kalayaan: Datapuwat sa kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama ay huwag kang kakain; sapagkat sa araw na ikaw ay kumain niyaon ay walang pagsalang mamamatay ka.” Ang mga simpleng salitang ito ay kumakatawan sa kalooban

ng Diyos. Ibinubunyag din ng mga ito na sa Kanyang puso, ang Diyos ay nagsimula nang magpakita ng malasakit para sa tao. Sa gitna ng lahat ng bagay, si Adan lang ang nilikha sa wangis ng Diyos; si Adan lang ang nabuhay na taglay ang hininga ng buhay ng Diyos; maaari siyang lumakad kasama ang Diyos, makipag-usap sa Diyos. Ito ang dahilan kaya siya binigyan ng Diyos ng utos na ito. Ginawang napakalinaw ng Diyos sa Kanyang utos kung ano ang maaaring gawin at hindi maaaring gawin ng tao.

Sa iilang simpleng salita na ito, makikita natin ang puso ng Diyos. Ngunit anong uri ng puso ang nagpapakita ng sarili nito? May pag-ibig ba sa puso ng Diyos? Mayroon bang malasakit? Sa mga bersikulong ito, ang pag-ibig at malasakit ng Diyos ay hindi lamang mapahahalagahan kundi madarama rin nang masinsinan. Hindi ba kayo sumasang-ayon? Matapos na marinig Akong sabihin ito, sa palagay ba ninyo ay iilang simpleng salita lamang ang mga ito? Matapos ang lahat ay hindi gaanong simple ang mga ito, hindi ba? Alam na ba ninyo ito noon? Kung personal na sabihin ng Diyos sa iyo ang iilang salita na ito, ano ang mararamdaman mo sa iyong kalooban? Kung ikaw ay hindi makatao, kung ang puso mo ay malayelo sa lamig, kung gayon wala kang anumang mararamdaman, at hindi mo mapahahalagahan ang pag-ibig ng Diyos, at hindi mo susubukang maunawaan ang puso ng Diyos. Ngunit bilang isang taong may konsensya at may diwa ng pagiging makatao, iba ang mararamdaman mo. Makararamdam ka ng init, madadama mong ikaw ay nililingap at minamahal, at madadama mo ang kasayahan. Hindi ba tama iyan? Kapag nadama mo ang mga bagay na ito, paano ka makikitungo sa Diyos? Madarama mo kayang kaugnay ka ng Diyos? Mamahalin at igagalang mo kaya ang Diyos mula sa kaibuturan ng iyong puso? Mapapalapit kaya ang puso mo sa Diyos? Makikita mo mula rito kung gaano talaga kahalaga para sa tao ang pag-ibig ng Diyos. Ngunit ang lubhang mas mahalaga ay ang pagpapahalaga at pagkaunawa ng tao sa pag-ibig ng Diyos. Sa katunayan, hindi ba nagsasabi ang Diyos ng maraming bagay na kagaya nito sa yugtong ito ng Kanyang gawain? May mga tao ba sa panahong ito ang nagpapahalaga sa puso ng Diyos? Napapahalagahan ba ninyo ang kalooban ng Diyos na kababanggit Ko lamang? Hindi ninyo talaga mapahahalagahan ang kalooban ng Diyos kapag ito ay konkreto, nahahawakan, at totoo. Kaya Ko nasasabing wala kayong totoong kaalaman at pagkaunawa sa Diyos. Hindi ba ito totoo? Pero iwanan muna natin ito rito ngayon.

2. Nilikha ng Diyos si Eba

Genesis 2:18–20 At sinabi ng Diyos na si Jehova, “Hindi mabuti na ang lalaki ay mag-isa; siya’y ilalalang Ko ng makakatulong niya.” At nilalang ng Diyos na si Jehova sa lupa ang lahat ng hayop sa parang, at ang lahat ng ibon sa himpapawid; at pinagdadala kay Adan upang maalaman kung anong itatawag niya sa mga iyon: at anumang itinawag ni Adan sa bawat kinapal na may buhay ay yaon ang naging pangalan niyaon. At pinangalanan ni Adan ang lahat ng mga baka, at ang mga ibon sa himpapawid, at ang bawat hayop sa parang; datapuwat para kay Adan ay walang nasumpungang maging katulong niya.

Genesis 2:22–23 At ang tadyang, na kinuha ng Diyos na si Jehova sa lalaki, ay ginawang isang babae, at ito’y dinala niya sa lalaki. At sinabi ni Adan, “Ito nga’y buto ng aking mga buto at laman ng aking laman: siya’y tatawaging Babae, sapagkat sa Lalaki siya kinuha.”

May isang mahalagang linya sa bahaging ito ng Banal na Kasulatan: “anumang itinawag ni Adan sa bawat kinapal na may buhay ay yaon ang naging pangalan niyaon.” Kaya, sino ang nagbigay sa lahat ng buhay na nilikha ng kanilang mga pangalan? Ito ay si Adan, hindi ang Diyos. May sinasabing katotohanan sa sangkatauhan ang linyang ito: Binigyan ng Diyos ang tao ng katalinuhan noong siya ay Kanyang nilikha. Ang ibig sabihin, ang katalinuhan ng tao ay nagmula sa Diyos. Ito ay isang katiyakan. Ngunit bakit? Matapos likhain ng Diyos si Adan, pumasok ba sa paaralan si Adan? Marunong ba siyang magbasa? Matapos likhain ng Diyos ang iba’t ibang buhay na nilikha, nakilala ba ni Adan ang lahat ng nilalang na ito? Sinabi ba ng Diyos sa kanya kung ano ang mga pangalan nila? Siyempre, hindi rin itinuro ng Diyos sa kanya kung paano pangalanan ang mga nilikhang ito. Iyan ang totoo! Kung ganoon, paano nalaman ni Adan kung paano pangalanan ang mga buhay na nilikhang ito at kung anong uri ng mga pangalan ang ibibigay sa kanila? Ito ay kaugnay sa tanong na kung ano ang idinagdag ng Diyos kay Adan noong nilikha Niya siya. Ang mga katotohanan ay nagpapatunay na noong nilikha ng Diyos ang tao, idinagdag Niya ang Kanyang katalinuan sa kanya. Mahalagang punto ito, kaya makinig nang mabuti. May isa pang mahalagang punto na dapat ninyong maunawaan: Matapos pangalanan ni Adan ang mga buhay na nilikhang ito, ang mga pangalang ito ay naitakda sa talasalitaan ng Diyos. Bakit Ko binanggit ito? Dahil may kaugnayan din ito sa disposisyon ng Diyos, at ito ay isang puntong dapat Kong ipaliwanag pa nang husto.

Nilikha ng Diyos ang tao, hiningahan siya ng buhay, at binigyan rin siya ng kaunti sa Kanyang katalinuan, sa Kanyang mga kakayahan, at kung anong mayroon at kung ano Siya. Pagkatapos ibigay ng Diyos sa tao ang lahat ng ito, nakayang gumawa ng tao ng ilang bagay nang nagsasarili at mag-isip nang sarili. Kung ang mabuo at magawa ng tao ay mabuti sa mata ng Diyos, tinatanggap ito ng Diyos at hindi pinakikialaman. Kung ang ginagawa ng tao ay tama, hahayaan lang iyan ng Diyos. Kaya ano ang ipinahihiwatig ng pariralang “anumang itinawag ni Adan sa bawat kinapal na may buhay ay yaon ang naging pangalan niyaon”? Ipinahihiwatig nito na para sa Diyos ay hindi na kailangang gumawa ng anumang pagbabago sa mga pangalan ng iba’t ibang mga buhay na nilikha. Anumang pangalan ang itawag ni Adan sa nilikha, sinasabi ng Diyos na “Ito na nga kung gayon,” bilang pagsang-ayon sa pangalan ng nilalang. Nagpahayag ba ang Diyos ng anumang opinyon sa bagay na ito? Siguradong hindi. Kaya ano ang napulot ninyo rito? Binigyan ng Diyos ang tao ng katalinuhan at ginamit ng tao ang katalinuhang bigay ng Diyos upang gumawa ng mga bagay. Kung ang gawain ng tao ay positibo sa mata ng Diyos, ito ay pinapayagan, kinikilala, at tinatanggap ng Diyos nang walang paghuhusga o pamimintas. Ito ay isang bagay na

hindi magagawa ng isang tao, masamang espiritu, o ni Satanas. Nakakita ba kayo rito ng pagbubunyag ng disposisyon ng Diyos? Ang isang tao ba, isang tiwaling tao, o si Satanas, ay magpapahintulot na may gawin ang sinuman sa kanilang pangalan habang nakabantay sila? Siguradong hindi. Makikipaglaban ba sila para sa puwesto sa ibang tao na iyon o sa ibang pwersa na naiiba sa kanila? Siyempre, gagawin nila ito! Kung isang tiwaling tao o si Satanas ang kasama ni Adan, tiyak na hindi nila tatanggapin ang ginagawa ni Adan noong panahong iyon, tiyak na aayawan nila ang ginagawa ni Adan. Upang patunayang mayroon silang kakayahang mag-isip nang nagsasarili at mayroon silang natatanging mga karunungan, lubos sana nilang tinanggihan ang lahat ng ginawa ni Adan: “Gusto mo itong tawagin na ganito? Magaling, hindi ko ito tatawagin na ganito, tatawagin ko itong ganyan; tinawag mo itong Tom ngunit tatawagin ko itong Harry. Kailangan Kong ipakita kung gaano ako kagaling.” Anong uri ng kalikasan ito? Hindi ba ito labis na kayabangan? At paano naman ang Diyos? May ganito ba Siyang disposisyon? May anumang kakaibang pagtutol ba ang Diyos sa ginawa ni Adan? Ang sagot ay maliwanag na wala! Sa inihahayag na disposisyon ng Diyos, walang kahit katiting na pagiging mahilig sa pakikipagtalo, kayabangan, o pagmamagaling. Iyan ay napakalinaw rito. Mukhang maliit na punto lamang ito, ngunit kung hindi mo nauunawaan ang diwa ng Diyos, kung ang iyong puso ay hindi susubukang malaman kung paano gumagalaw ang Diyos at kung ano ang saloobin ng Diyos, hindi mo malalaman ang disposisyon ng Diyos, o makikita ang pagpapahayag at pagbubunyag ng disposisyon ng Diyos. Hindi nga ba ganoon? Sang-ayon ba kayo sa kapapaliwanag Ko lang sa inyo? Bilang tugon sa mga ginawa ni Adan, hindi magarbong ipinahayag ng Diyos, “Magaling ang ginawa mo, tama ang ginawa mo, at sang-ayon Ako!” Ngunit sa Kanyang puso, gayon pa man, sumang-ayon, pinahalagahan, pinalakpakan ng Diyos ang ginawa ni Adan. Ito ang unang bagay na ginawa ng tao para sa Diyos ayon sa Kanyang tagubilin simula noong paglikha. Ito ay isang bagay na ginawa ng tao sa lugar ng Diyos at sa ngalan ng Diyos. Sa mata ng Diyos, ito ay bunga ng katalinuhang ipinagkaloob Niya sa tao. Sa tingin ng Diyos ito ay isang mabuting bagay, isang positibong bagay. Ang ginawa ni Adan noong panahong iyon ay ang unang pagpapamalas ng katalinuhan ng Diyos na nasa tao. Isa itong mahusay na pagpapakita ayon sa pananaw ng Diyos. Ang nais Kong sabihin sa inyo rito ay ang layunin ng Diyos sa pagbibigay sa tao ng isang bahagi ng kung ano ang mayroon at kung ano Siya at ng Kanyang katalinuhan ay upang maging buhay na nilikha ang sangkatauhan na maghahayag sa Kanya. Sapagkat ang kumilos ang buhay na nilikha sa ngalan Niya ay ang mismong ninanais ng Diyos na makita.

3. Gumawa ang Diyos ng mga Kasuotang Balat Para kina Adan at Eba

Genesis 3:20–21 At tinawag na Eba ni Adan ang kanyang asawa; sapagkat siya ang naging ina ng lahat ng mga nabubuhay. At iginawa ng Diyos na si Jehova si Adan at ang kanyang asawa ng mga kasuotang balat at sila’y dinamitan.

Tingnan natin itong pangatlong pahayag, na nagsasabing totoong may kahulugan sa likod ng pangalan na ibinigay ni Adan kay Eba. Ipinakikita dito na pagkatapos nilikha, may sariling mga kaisipan si Adan at nakakaintindi ng maraming bagay. Ngunit sa ngayon, hindi natin pag-aaralan o sasaliksikin kung ano ang kanyang naintindihan o kung gaano karami ang kanyang naintindihan, dahil hindi ito ang pangunahing punto na nais Kong talakayin sa ikatlong pahayag. Kaya ano ang pangunahing punto na gusto Kong bigyang-diin? Tingnan natin ang linyang, “At iginawa ng Diyos na si Jehova si Adan at ang kanyang asawa ng mga kasuotang balat at sila’y dinamitan.” Kung hindi natin tatalakayin ang tungkol sa linyang ito sa Kasulatan sa atin pagbabahaginan sa araw na ito, marahil ay hindi ninyo kailanman mauunawaan ang mas malalim na implikasyon ng mga salitang ito. Una, hayaan ninyong magbigay Ako ng ilang palatandaan. Ilarawan sa inyong isipan ang Halamanan ng Eden, kung saan nakatira sina Adan at Eba. Binisita sila ng Diyos ngunit nagtago sila dahil sila ay hubad. Hindi sila makita ng Diyos, at matapos Niya silang tawagin, sinabi nila, “Hindi kami mangangahas na makita Kayo dahil ang mga katawan namin ay hubad.” Hindi sila nangahas na makita ang Diyos dahil sila ay hubad. Kaya ano ang ginawa ng Diyos na si Jehova para sa kanila? Ang sabi sa orihinal na teksto: “At iginawa ng Diyos na si Jehova si Adan at ang kanyang asawa ng mga kasuotang balat at sila’y dinamitan.” Mula rito, nauunawaan ba ninyo kung ano ang ginamit ng Diyos sa paggawa ng mga damit nila? Gumamit ang Diyos ng mga balat ng hayop para gumawa ng mga damit nila. Ang ibig sabihin, gumawa ang Diyos ng mga balabal na balahibo para maisuot ng tao. Ito ang mga unang piraso ng damit na ginawa ng Diyos para sa tao. Ang balabal na balahibo ay isang mamahaling damit sa kasalukuyang mga pamantayan at isang bagay na hindi kakayaning bilhin ng lahat para maisuot. Kung may magtatanong sa iyo: “Ano ang mga unang piraso ng damit na isinuot ng ating mga ninuno?” Maaari kang sumagot ng: “Ito ay isang balabal na balahibo.” “Sino ang gumawa ng balabal na balahibong ito?” Maaari kang tumugon ng: “Ang Diyos ang gumawa nito!” Iyan ang pangunahing punto rito: Ang damit na ito ay ginawa ng Diyos. Hindi ba ito isang bagay na marapat talakayin? Matapos marinig ang paglalarawan Ko, may imahe bang nabuo sa inyong isipan? Dapat ay mayroon kayong malabong bakas man lamang nito kahit papaano. Ang dahilan ng pagsasabi nito sa inyo sa araw na ito ay hindi upang ipaalam sa inyo kung ano ang unang piraso ng damit ng tao. Kung gayon ay ano ang punto? Hindi iyong balabal na balahibo ang punto, ngunit kung paano nalaman ng tao—alinsunod sa inihayag ng Diyos sa Kanyang ginawa rito—ang Kanyang disposisyon, kung ano ang mayroon Siya, ang kung ano Siya.

“At iginawa ng Diyos na si Jehova si Adan at ang kanyang asawa ng mga kasuotang balat at sila’y dinamitan.” Sa tagpong ito, anong uri ng papel ang nakikita nating ginampanan ng Diyos noong kasama Niya sina Adan at Eba? Sa anong paraan ipinamalas ng Diyos ang Kanyang sarili, sa mundong ito na may dadalawang tao lamang? Ipinamalas ba Niya ang Kanyang sarili bilang isang Diyos? Mga kapatirang lalaki at babae mula sa Hongkong, mangyaring sumagot kayo. (Bilang isang magulang.)

Mga kapatirang lalaki at babae mula sa Timog Korea, sa anong uri ng pagganap sa palagay ninyo ang pagpapakita ng Diyos? (Pinuno ng pamilya.) Mga kapatirang lalaki at babae mula sa Taiwan, ano sa palagay ninyo? (Bilang isang kapamilya nina Adan at Eba, bilang isang miyembro ng pamilya.) Sa palagay ng ilan sa inyo ang Diyos ay nagpapakita bilang isang kapamilya nina Adan at Eba, habang ang ilan ay nagsasabing nagpapakita ang Diyos bilang pinuno ng pamilya at ang sabi ng iba bilang isang magulang. Ang lahat ng ito ay napakaangkop. Ngunit nakikita ba ninyo kung ano ang ipinupunto Ko? Nilikha ng Diyos ang dalawang taong ito at itinuring silang mga kasama Niya. Bilang nag-iisa nilang kapamilya, inalagaan ng Diyos ang kanilang mga buhay at tinustusan ang mga pangangailangan nila sa pagkain, damit, at tirahan. Dito, nagpapakita ang Diyos bilang magulang nila Adan at Eba. Habang ginagawa ito ng Diyos, hindi nakikita ng tao kung gaano katayog ang Diyos; hindi niya nakikita ang kataas-taasang pangingibabaw ng Diyos, ang Kanyang pagiging mahiwaga, at lalo nang hindi ang Kanyang poot o kamahalan. Ang nakikita lamang niya ay ang pagpapakumbaba ng Diyos, ang Kanyang pagsuyo, ang Kanyang malasakit para sa tao at ang Kanyang pananagutan at paglingap para sa kanya. Ang saloobin at paraan ng pakikitungo ng Diyos kina Adan at Eba ay katulad ng pagpapakita ng malasakit ng mga magulang para sa kanilang mga anak. Ganito rin ang paraan ng pagmamahal, pagsubaybay, at pagmamalasakit ng mga magulang para sa kanilang mga sariling anak na lalaki at babae—totoo, nakikita, at konkreto. Sa halip na ilagay ang Sarili Niya sa isang mataas at makapangyarihan na katayuan, personal na ginamit ng Diyos ang mga balat upang gumawa ng damit para sa tao. Hindi mahalaga kung ang balabal na balahibong ito ay ginamit upang takpan ang kanilang kahinhinan o sanggahan sila mula sa lamig. Ang mahalaga ay itong damit na ginamit upang takpan ang katawan ng tao ay ginawa ng Diyos gamit ang sarili Niyang mga kamay. Sa halip na likhain ito na gamit lamang ang isip o mahimalang mga pamamaraan, gaya ng nasa imahinasyon ng mga tao na gagawin ng Diyos, lehitimong ginawa ng Diyos ang isang bagay na sa palagay ng tao ay hindi magagawa at hindi dapat gawin ng Diyos. Maaaring tila walang halaga ito—marahil sa palagay ng ilan ay hindi na nga dapat pang banggitin ito—ngunit hinahayaan nito ang lahat ng sumusunod sa Diyos na dati ay puno ng malalabong kaisipan tungkol sa Kanya na magkaroon ng kabatiran sa Kanyang pagiging totoo at kaibig-ibig, at upang makita ang Kanyang katapatan at kababaang-loob. Nagagawa nitong payukuin dahil sa hiya ang mapagmataas na ulo ng mga lubhang napakayabang na tao na nag-iisip na sila’y mataas at malakas sa harap ng pagiging totoo at pagpapakumbaba ng Diyos. Dito, nakatutulong pa ang pagiging totoo at pagpapakumbaba ng Diyos upang maipakita sa mga tao kung gaano Siya kaibig-ibig. Kasalungat nito, ang “napakalaking” Diyos, “kaibig-ibig” na Diyos, at Diyos na “makapangyarihan sa lahat” sa puso ng mga tao ay naging mababaw at pangit, at gumuguho sa pinakamagaan na paghipo. Kapag nakita mo ang bersikulong ito at narinig ang kuwentong ito, bumababa ba ang tingin mo sa Diyos dahil ginawa Niya ang ganoong bagay? May ilang

tao ang maaaring ganoon, ngunit kabaligtaran ang magiging tugon ng iba. Isipin nila na ang Diyos ay totoo at kaibig-ibig, at ang mismong pagkatotoo at pagiging kaibig-ibig ng Diyos ang tumitinag sa kanila. Habang lalo nilang nakikita ang tunay na panig ng Diyos, lalo nilang mapahalagahan ang tunay na pag-iral ng pag-ibig ng Diyos, ang kahalagahan ng Diyos sa kanilang mga puso, at kung paano Siya nananatili sa tabi nila sa bawat sandali.

Iugnay natin ngayon ang ating talakayan sa kasalukuyan. Kung kaya ng Diyos na gawin ang iba't ibang maliliit na bagay na ito para sa mga taong nilikha Niya sa simula't simula, kahit ang ilang bagay na hindi kailanman mangangahas ang mga taong isipin o asahan, kung gayon ay maaari kayang gawin ng Diyos ang ganoong mga bagay para sa mga tao sa kasalukuyan? Sabi ng ilan, "Oo!" Bakit ganoon? Dahil ang diwa ng Diyos ay hindi huwad, at ang Kanyang pagiging kaibig-ibig ay hindi peke. Ang diwa ng Diyos ay tunay na umiiral at hindi isang bagay na idinagdag ng iba, at tiyak na hindi isang bagay na nagbabago kasabay ng mga pagbabago sa oras, lugar, at mga kapanahunan. Ang pagiging totoo at kaibig-ibig ng Diyos ay maaaring maipakita sa pamamagitan lamang ng paggawa ng isang bagay na sa palagay ng mga tao ay karaniwan at walang halaga—isang bagay na napakaliit na hindi man lang iniisip ng mga tao na gagawin Niya kailanman. Ang Diyos ay hindi mapagpanggap. Walang pagmamalabis, pagbabalatkayo, pagmamataas, o pagmamayabang sa Kanyang disposisyon at diwa. Hindi Siya kailanman naghambog, ngunit sa halip ay nagmamahal, nagpapakita ng malasakit, nagsusubaybay, at pinangungunahan ang mga taong Kanyang nilikha nang may katapatan at pagiging taos-puso. Kahit gaano man kaliit ang mapahalagahan, madama, o makita ng mga tao sa ginagawa ng Diyos, tiyak na ginagawa Niya ito. Ang malaman ba na ang Diyos ay may ganitong diwa ay makaaapekto sa pag-ibig ng tao para sa Kanya? Maaari ba itong makaimpluwensya sa kanilang takot sa Diyos? Umaasa Akong kapag naunawaan mo ang pagiging totoo ng Diyos, lalo ka pang mapapalapit sa Kanya at lalo pang tunay na mapahalagahan ang Kanyang pag-ibig at paglingap para sa sangkatauhan, gayundin ay maibibigay ang iyong puso sa Diyos at maililigtas mula sa mga paghihinala o pagdududa sa Kanya. Tahimik na ginagawa ng Diyos ang lahat para sa tao, tahimik na ginagawa ang lahat ng ito sa pamamagitan ng Kanyang pagiging taos-puso, katapatan, at pag-ibig. Ngunit wala Siya kailanman na anumang pangamba o pagsisisi para sa lahat ng Kanyang ginagawa, ni wala rin Siyang pangangailangang bayaran ng ninuman sa anumang paraan o layunin kailanman na may makuha mula sa sangkatauhan. Ang tanging layunin ng lahat ng ginawa Niya kailanman ay upang matanggap Niya ang tunay na pananampalataya at pag-ibig ng sangkatauhan. At diyan Ko tatapusin ang unang paksa.

Nakatulong ba sa inyo ang mga talakayang ito? Gaano nakatulong ang mga ito? (Mas marami na kaming pagkaunawa at kaalaman tungkol sa pag-ibig ng Diyos.) (Matutulungan tayo sa hinaharap ng ganitong uri ng pagbabahagian upang mas mapahalagahan natin ang salita ng Diyos, upang maunawaan ang mga damdamin Niya

at ang mga kahulugan sa likod ng mga bagay na sinabi Niya noong sinabi Niya ang mga ito, at upang madama ang Kanyang nararamdaman noong panahong iyon.) Mayroon ba sa inyo ang mas nakababatid na sa aktuwal na pag-iral ng Diyos matapos basahin ang mga salitang ito? Nararamdaman ba ninyo na ang pag-iral ng Diyos ay hindi na hungkag o malabo? Kapag naramdaman ninyo ito, nararamdaman ba ninyo na ang Diyos ay nariyan sa tabi ninyo? Maaari na ang pakiramdam ay hindi malinaw sa ngayon o maaaring hindi pa ninyo nararamdaman ito. Ngunit balang araw, kapag tunay na may malalim na kayong pagpapahalaga at totoong kaalaman sa disposisyon at diwa ng Diyos sa inyong puso, madarama mong nariyan sa tabi mo ang Diyos—hindi mo pa lamang kasi tapat na tinatanggap ang Diyos sa iyong puso kailanman. At iyan ang totoo!

Ano ang palagay ninyo sa ganitong pamamaraan ng pakikipagbahagian? Nasasabayan ba ninyo? Sa palagay ba ninyo ang ganitong uri ng pagbabahaginan tungkol sa paksang gawain ng Diyos at disposisyon ng Diyos ay napakabigat? Ano ang pakiramdam ninyo? (Napakaganda, nakatutuwa.) Ano ang nagpaganda ng pakiramdam ninyo? Bakit kayo natutuwa? (Para itong pagbabalik sa Hardin ng Eden, pagbabalik sa pagiging nasa tabi ng Diyos.) Ang “disposisyon ng Diyos” sa katunayan ay isang hindi pamilyar na paksa sa mga tao, dahil kung ano ang karaniwang iniisip ninyo, kung ano ang nababasa ninyo sa mga aklat o naririnig sa mga pagbabahaginan, ay laging nakapagpaparamdam sa iyo na para kang isang taong bulag na humihipo ng elepante—nararamdaman mo lang ito gamit ang iyong mga kamay, ngunit wala ka talagang nakikita na kahit ano. Ang paghihipo ng kamay nang walang paningin ay hindi talaga makapagdudulot sa iyo ng pahapyaw na pagkaunawa tungkol sa Diyos, lalo na ng isang malinaw na konsepto tungkol sa Kanya; lalo lamang nitong ginigising ang iyong imahinasyon na pumipigil sa iyo na tiyak na mabigyang-kahulugan kung ano ang disposisyon at diwa ng Diyos, at ang mga kawalang-katiyakang nagmumula sa iyong imahinasyon ay walang salang magpupuspos sa iyong puso ng mga pag-aalinlangan. Kapag hindi ka makatiyak tungkol sa isang bagay ngunit sinusubukan mo pa ring intindihin ito, palaging magkakaroon ng mga salungatan at pagtatalo sa iyong puso, at maging ng pakiramdam ng pagkaligalig, na iniwan kang naguguluhan at nalilito. Hindi ba napakahirap na naising hanapin ang Diyos, kilalanin ang Diyos, at makita Siya nang malinaw, ngunit para bang hindi mo makita ang mga sagot? Siyempre, ang mga salitang ito ay tumutukoy lamang sa mga naghahangad na igalang at bigyang-kasiyahan ang Diyos nang may takot. Para sa mga taong hindi nagbibigay-pansin sa mga ganoong bagay, talagang hindi mahalaga ito, dahil labis silang umaasa na alamat o pantasya lamang ang pagiging totoo at pag-iral ng Diyos, para maaari nilang gawin ang anumang nais nila, para sila ang maging pinakamalaki at pinakamahalaga, para makagawa sila ng masasamang gawain nang walang pagsasaalang-alang sa mga kalalabasan, para hindi nila harapin ang kaparusahan o pasanin ang anumang pananagutan, at kaya kahit ang mga bagay na sinabi ng Diyos tungkol sa mga gumagawa ng masama ay hindi mailalapat sa kanila. Ayaw intindihin ng mga taong ito ang disposisyon ng Diyos.

Sawang-sawa na sila sa kasusubok na makilala ang Diyos at ang lahat ng tungkol sa Kanya. Mas gusto pa nilang wala na lang Diyos. Ang mga taong ito ay lumalaban sa Diyos at kabilang sila sa mga patatalsikin.

Susunod, tatalakayin natin ang kuwento ni Noe at kung paano ito nauugnay sa paksang ang gawain ng Diyos, ang disposisyon ng Diyos at ang Diyos Mismo.

Ano ang nakikita ninyong ginagawa ng Diyos kay Noe sa bahaging ito ng banal na kasulatan? Marahil ang lahat ng nakaupo rito ay may alam tungkol dito mula sa pagbabasa ng banal na kasulatan: Nagpagawa ang Diyos kay Noe ng isang arka, pagkatapos ay sinira ng Diyos ang mundo sa pamamagitan ng isang baha. Pinagawa ng Diyos si Noe ng arka upang mailigtas ang pamilya niya na walong katao, kaya patuloy silang nabuhay at naging mga ninuno ng sumunod na salinlahi ng sangkatauhan. Basahin natin ngayon ang Kasulatan.

B. Noe

1. Nilayon ng Diyos na Sirain ang Mundo Gamit ang Isang Baha at Sinabihan si Noe na Gumawa ng Isang Arka

Genesis 6:9–14 Ito ang mga lahi ni Noe: Si Noe ay lalaking matuwid at sakdal noong kapanahunan niya, at si Noe ay lumakad na kasama ng Diyos. At nagkaanak si Noe ng tatlong lalaki, si Sem, si Cham, at si Japhet. Ang lupa ay tiwali rin sa harap ng Diyos, at ang lupa ay napuno ng karahasan. At tiningnan ng Diyos ang lupa, at, narito, ito ay tiwali; sapagkat pinasama ng lahat ng laman ang kanilang paglakad sa ibabaw ng lupa. At sinabi ng Diyos kay Noe, “Ang wakas ng lahat ng laman ay dumating sa harap Ko; sapagkat ang lupa ay napuno ng karahasan dahil sa kanila; at, narito, sila’y Aking lilipuling kalakip ng lupa. Gumawa ka ng isang arkang kahoy na gofer; gagawa ka ng mga silid sa arka, at iyong sisiksikan sa loob at sa labas ng sahing.”

Genesis 6:18–22 Datapuwat pagtitibayin Ko ang Aking tipan sa iyo; at ikaw ay lululan sa arka, ikaw, at ang iyong mga anak na lalaki, at ang iyong asawa, at ang mga asawa ng iyong mga anak na kasama mo. At sa bawat nangabubuhay, sa lahat ng laman ay maglululan ka sa loob ng sasakyan ng dalawa sa bawat uri upang maingatan silang buhay, na kasama mo; lalaki at babae ang kinakailangan. Sa mga ibon ayon sa kani-kanilang uri, at sa mga hayop ayon sa kani-kanilang uri, sa bawat nagsisigapang na bagay sa lupa ayon sa kani-kanilang uri, dalawa sa bawat uri ay isasama mo sa iyo, upang maingatan ang mga itong buhay. At magbaon ka ng lahat na pagkain na kinakain, at imbakin mo sa iyo; at magiging pagkain mo at nila. Gayon ginawa ni Noe; ayon sa lahat na iniutos sa kanya ng Diyos, ay gayon ang ginawa niya.

May pangkalahatang pagkaunawa na ba kayo kung sino si Noe matapos ninyong mabasa ang dalawang talatang ito? Anong uri ng tao si Noe? Ang orihinal na teksto ay: “Si Noe ay lalaking matuwid at sakdal noong kapanahunan niya.” Ayon sa pagkaunawa ng mga modernong tao, anong uri ng tao ang isang “matuwid na tao” noong panahong iyon? Ang isang matuwid na tao ay dapat na isang perpektong tao. Alam ba ninyo kung ang perpektong taong ito ay perpekto sa mata ng tao, o perpekto sa mata ng Diyos?

Walang duda, ang perpektong taong ito ay perpekto sa mata ng Diyos, ngunit hindi sa mga mata ng tao. Sigurado iyan! Ito ay dahil bulag ang tao at hindi makakita, at tanging ang Diyos ang tumitingin sa buong mundo at sa bawat isang tao, at tanging ang Diyos ang nakaaalam na si Noe ay perpektong tao. Kaya ang balak ng Diyos na sirain ang mundo gamit ang isang baha ay nagsimula sa sandaling tinawag Niya si Noe.

Sa panahong iyon, nilayon ng Diyos na tawagin si Noe upang gawin ang isang napakahalagang bagay. Bakit pa Niya kailangang gawin iyon? Dahil may balak ang Diyos sa Kanyang puso sa sandaling iyon. Ang balak Niya ay sirain ang mundo gamit ang isang baha. Bakit Niya sisirain ang mundo? Gaya ng sabi rito: “Ang lupa ay tiwali rin sa harap ng Diyos, at ang lupa ay napuno ng karahasan.” Ano ang napupulot ninyo mula sa pariralang “ang lupa ay napuno ng karahasan”? Ito ay isang di-pangkaraniwang bagay sa lupa nang ang mundo at ang mga tao nito ay tiwali hanggang kasukdulan, kaya, “ang lupa ay napuno ng karahasan.” Sa kasalukuyang wika, ang ibig sabihin ng “napuno ng karahasan” ay nasa kaguluhan ang lahat ng bagay. Para sa tao, ang ibig sabihin nito ay nawalan ng kaayusan ang lahat ng aspeto sa buhay, at ang lahat ng bagay ay naging magulo at mahirap pamahalaan. Sa mata ng Diyos, ang ibig sabihin ay masyadong naging tiwali ang mga tao sa mundo. Pero gaano katiwali? Tiwali hanggang sa antas na hindi na matiis ng Diyos na makita pa at hindi na mapagpasensyahan pa sila. Tiwali hanggang sa antas na nilayon na ng Diyos na wasakin sila. Noong nagpasya ang Diyos na sirain ang mundo, nagplano Siyang maghanap ng taong gagawa ng isang arka. Pinili ng Diyos si Noe na gawin ang bagay na ito; na ang ibig sabihin ay pinagawa Niya si Noe ng arka. Bakit Niya pinili si Noe? Sa mata ng Diyos, si Noe ay isang matuwid na tao; kahit anong ipagawa ng Diyos sa kanya ay ginagawa ito ni Noe. Ang ibig sabihin ay handa si Noe na gawin ang anumang sabihin ng Diyos na gawin niya. Nais ng Diyos na makakita ng isang katulad nito upang makatrabaho Niya, upang tapusin ang Kanyang ipinagkatiwala—na tapusin ang Kanyang gawain sa lupa. Noong panahong iyon, may iba pa bang tao bukod kay Noe na makatatapos ng ganoong gawain? Tiyak na wala! Si Noe lang ang tanging kandidato, ang nag-iisang taong maaaring tumapos sa ipinagkatiwala ng Diyos, kaya pinili siya ng Diyos. Ngunit ang mga limitasyon at pamantayan ba ng Diyos sa pagliligtas ng mga tao noon ay katulad rin ng sa ngayon? Ang sagot ay walang pasubaling may pagkakaiba! At bakit Ko ito itinatanong? Si Noe lamang ang tanging matuwid na tao sa mata ng Diyos noong panahong iyon, na ang ibig sabihin ay hindi matuwid ang kanyang asawa at mga anak at mga manugang na babae, ngunit iniligtas pa rin ng Diyos ang mga taong ito dahil kay Noe. Hindi humingi ang Diyos sa kanila ng tulad ng paghingi Niya sa mga tao ngayon, at sa halip ay pinanatiling buhay ang lahat ng walong miyembro ng pamilya ni Noe. Natanggap nila ang pagpapala ng Diyos dahil sa pagkamatuwid ni Noe. Kung wala si Noe, wala sana sa kanila ang nakatapos sa ipinagkatiwala ng Diyos. Samakatuwid, si Noe lamang sana ang taong dapat na nakaligtas mula sa pagkasira ng mundo, at ang iba ay mga nakinabang lamang. Ipinakikita nito na sa panahon bago opisyal na sinimulan ng Diyos ang Kanyang

gawaing pamamahala, ang mga panuntunan at pamantayang ginamit Niya sa mga tao at hiningi mula sa kanila ay medyo maluwag. Para sa mga tao sa kasalukuyan, ang paraan kung paano pinakitunguhan ng Diyos ang pamilya ni Noe na walong katao ay para bang hindi “makatarungan.” Ngunit kung ihahambing sa dami ng ginagawa Niya ngayon sa mga tao at sa dami ng Kanyang salitang ipinahahayag Niya ngayon, ang pagtrato ng Diyos sa pamilya ni Noe na may walong kasapi ay pawang panuntunan lamang ng gawain dahil sa kalagayan sa likod ng Kanyang gawain sa panahong iyon. Kung paghahambingin, mas marami bang natanggap ang pamilya ni Noe na walong katao mula sa Diyos, o ang mga tao sa kasalukuyan?

Ang pagtawag kay Noe ay isang simpleng bagay, ngunit ang pangunahing punto ng ating pinag-uusapan—ang disposisyon ng Diyos, ang Kanyang kalooban, at ang Kanyang diwa sa naitalang ito—ay hindi ganoon kasimple. Upang maunawaan ang ilang aspetong ito ng Diyos, dapat muna nating maunawaan ang uri ng taong nais tawagin ng Diyos, at sa pamamagitan nito, maunawaan ang Kanyang disposisyon, kalooban, at diwa. Napakahalaga nito. Kaya sa mata ng Diyos, ano kayang uri ng tao itong tao na tinatawag Niya? Ang taong ito ay dapat na nakikinig sa Kanyang mga salita at nakasusunod sa Kanyang mga tagubilin. Kasabay nito, dapat ang taong ito ay may pagpapahalaga rin sa pananagutan, isang tao na isasagawa ang salita ng Diyos sa pamamagitan ng pagturing dito bilang pananagutan at tungkulin na nakatalagang tuparin nila. Kung ganoon, ang taong ito ba ay kinakailangang nakakakilala sa Diyos? Hindi. Noong panahong iyon, wala pang gaanong narinig si Noe tungkol sa mga turo ng Diyos o naranasan ang kahit ano sa gawain ng Diyos. Samakatuwid, si Noe ay may napakaliit na kaalaman tungkol sa Diyos. Bagama’t nakatala rito na si Noe ay nabuhay nang kasama ang Diyos, nakita ba niya kailanman ang persona ng Diyos? Ang sagot ay tiyak na hindi! Dahil sa mga panahong iyon, ang mga sugo lamang ng Diyos ang pumupunta sa mga tao. Habang maaari nilang katawanin ang Diyos sa pagsasabi at paggawa ng mga bagay, ipinaaabot lamang nila ang kalooban ng Diyos at ang Kanyang mga layunin. Hindi ipinahayag sa tao nang harapan ang persona ng Diyos. Sa bahaging ito ng banal na kasulatan, ang tanging nakikita natin ay kung ano ang kailangang gawin ni Noe at kung ano ang mga tagubilin ng Diyos sa kanya. Kaya ano ang diwang ipinahayag ng Diyos dito? Ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay naplano nang may katiyakan. Kapag nakakakita Siya ng isang bagay o sitwasyong nagaganap, sa Kanyang mga mata ay mayroong pamantayang magagamit na panukatan nito, at ang pamantayang ito ang magsasabi kung magsasagawa Siya ng isang plano sa pagharap nito o kung anong pamamaraan ang gagamitin sa pagharap sa bagay at sitwasyong ito. Hindi Siya walang pakialam o walang nararamdaman sa lahat ng bagay. Ang totoo ay lubos na kabaligtaran nito. May bersikulo rito na nagpapahayag ng sinabi ng Diyos kay Noe: “Ang wakas ng lahat ng laman ay dumating sa harap Ko; sapagkat ang lupa ay napuno ng karahasan dahil sa kanila; at, narito, sila’y Aking lilipuling kalakip ng lupa.” Nang sinabi ito ng Diyos, ang ibig ba Niyang sabihin ay mga tao lamang ang lilipulin Niya? Hindi! Ang sabi ng Diyos

ay lilipulin Niya ang lahat ng nabubuhay na laman. Bakit gusto ng Diyos ang panlilipol? May isa pang pagbubunyag ng disposisyon ng Diyos dito; sa mata ng Diyos, may hangganan ang Kanyang pasensiya sa katiwalian ng tao, sa karumihan, karahasan, at pagsuway ng lahat ng laman. Ano ang Kanyang hangganan? Tulad ng sinabi ng Diyos: “At tiningnan ng Diyos ang lupa, at, narito, ito ay tiwali; sapagkat pinasama ng lahat ng laman ang kanilang paglakad sa ibabaw ng lupa.” Ano ang ibig sabihin ng pariralang “sapagkat pinasama ng lahat ng laman ang kanilang paglakad sa ibabaw ng lupa”? Ito ay nangangahulugan na anumang nabubuhay, kasama na ang mga sumusunod sa Diyos, ang mga tumatawag sa pangalan ng Diyos, ang mga minsan ay naghandog ng mga sinunog na alay sa Diyos, ang mga nagsalita ng pagkilala sa Diyos at nagpuri pa sa Diyos—sa sandaling ang kanilang mga asal ay mapuno ng katiwalian at makaabot sa mga mata ng Diyos, kailangan Niyang lipulin sila. Iyan ang hangganan ng Diyos. Kaya nanatiling gaano kahaba ang pasensya ng Diyos sa tao at sa katiwalian ng lahat ng laman? Hanggang sa lahat ng tao, maging mga sumusunod sa Diyos o hindi mananampalataya, ay hindi lumalakad sa tamang landas. Hanggang sa ang tao ay hindi lang tiwali ang moralidad at puno ng kasamaan, ngunit wala na ring naniniwalang may Diyos, lalo nang wala ang naniniwala na ang mundo ay pinaghaharian ng Diyos at makapagdadala ang Diyos ng liwanag at ng tamang landas. Hanggang sa ang tao ay nasuklam sa pag-iral ng Diyos at hindi pinayagang umiral ang Diyos. Sa sandaling umabot sa puntong ito ang katiwalian ng tao, hindi na ito matagalan ng Diyos. Ano ang papalit rito? Ang pagdating ng poot ng Diyos at kaparusahan ng Diyos. Hindi ba isang bahagi iyon ng pagbubunyag ng disposisyon ng Diyos? Sa kasalukuyang panahon, mayroon pa bang matuwid na tao sa mata ng Diyos? Mayroon pa bang perpektong tao sa mga mata ng Diyos? Ito ba ay panahon kung saan ang asal ng lahat ng laman sa lupa ay tiwali sa mata ng Diyos? Sa araw at panahong ito—bukod doon sa mga gustong gawing ganap ng Diyos, at sa mga makakasunod sa Diyos at makakatanggap ng Kanyang pagliligtas—hindi ba hinahamon ng lahat ng taong laman ang hangganan ng pasensiya ng Diyos? Hindi ba puno ng karahasan ang lahat ng nangyayari sa tabi ninyo, ang mga nakikita ng mga mata ninyo, at naririnig ng mga tainga ninyo, at personal na nararanasan ninyo sa araw-araw sa mundong ito? Sa mata ng Diyos, hindi ba dapat na wakasan ang ganitong uri ng mundo, ang ganitong uri ng panahon? Bagama’t ang kalagayan sa kasalukuyang panahon ay ibang-iba sa kalagayan noong panahon ni Noe, ang mga damdamin at poot ng Diyos para sa katiwalian ng tao ay lubos na nananatiling ganoon pa rin. Nagagawang maging mapagpasensiya ang Diyos dahil sa Kanyang gawain, ngunit alinsunod sa lahat ng uri ng mga kalagayan at mga kondisyon, sa mata ng Diyos ay matagal na sanang ginunaw ang mundong ito. Ang mga sitwasyon ay malayo at lampas na sa kung ano ang mundo noong ginunaw ito sa pamamagitan ng baha. Ngunit ano ang pagkakaiba? Ito rin ang bagay na pinakanagpapalungkot sa puso ng Diyos, at marahil isang bagay na wala sa inyo ang makapagpapahalaga.

Noong ginugunaw Niya ang mundo sa pamamagitan ng baha, nagawa ng Diyos na

tawagin si Noe upang gumawa ng arka at gawin ang ilang paghahandang gawain. Maaaring tawagin ng Diyos ang isang tao—si Noe—upang gawin ang mga serye ng mga bagay na ito para sa Kanya. Ngunit sa kasalukuyang panahon, walang sinuman ang maaaring tawagin ng Diyos. Bakit ganoon? Ang bawat isang tao na nakaupo rito marahil ay ganap na naiintindihan at nalalaman ang dahilan. Kailangan pa ba ninyong isa-isahin Ko ito? Kung sasabihin Ko nang malakas, baka mapahiya kayo at maiinis ang lahat. Baka sabihin ng ilang tao: “Bagama’t hindi tayo mga matuwid na tao at hindi tayo mga perpektong tao sa mata ng Diyos, kapag may ipinagawa sa atin ang Diyos, makakaya pa rin nating gawin ito. Noon, nang sinabi Niyang may parating na malalang sakuna, nagsimula tayong maghanda ng pagkain at mga bagay-bagay na kakailanganin para sa sakuna. Hindi ba lahat ng ito ay ginawa alinsunod sa mga ipinagagawa ng Diyos? Hindi ba talaga tayo nakikipagtulungan sa gawain ng Diyos? Hindi ba maaaring maihambing itong mga ginawa natin sa ginawa ni Noe? Hindi ba tunay na pagsunod iyong paggawa sa ginawa natin? Hindi ba natin sinusunod iyong mga tagubilin ng Diyos? Hindi ba natin ginawa ang sinabi ng Diyos dahil may pananampalataya tayo sa mga salita ng Diyos? Kung ganoon bakit malungkot pa rin ang Diyos? Bakit sinasabi ng Diyos na wala Siyang matawag?” May pagkakaiba ba ang mga ginawa ninyo at ang ginawa ni Noe? Ano ang pagkakaiba? (Ang paghahanda ng pagkain ngayon para sa sakuna ay sarili nating layunin.) (Ang mga gawa natin ay hindi umaabot sa “pagkamatuwid,” samantalang si Noe ay isang matuwid na tao sa mata ng Diyos.) Ang sinabi ninyo ay hindi gaanong malayo. Malaki ang pagkakaiba ng ginawa ni Noe sa ginagawa ng mga tao ngayon. Noong gumawa si Noe ayon sa tagubilin ng Diyos, hindi niya alam kung ano ang mga layunin ng Diyos. Hindi niya alam kung ano ang gustong maisakatuparan ng Diyos. Binigyan lang siya ng Diyos ng kautusan at binilinan siyang gumawa ng isang bagay, at nang walang gaanong paliwanag, tumuloy si Noe at ginawa ito. Hindi niya sinubukang alamin ang mga layunin ng Diyos nang palihim, ni hindi siya lumaban sa Diyos o nagpakita nang kawalang-katapatan. Humayo lamang siya at ginawa ito nang may malinis at simpleng puso. Anuman ang ipinagawa ng Diyos ay ginawa niya, at ang pagsunod at pakikinig sa salita ng Diyos ang nagpalakas ng kanyang paniniwala sa kanyang ginawa. Ganito katapat at kasimple ang pagharap niya sa ipinagkatiwala ng Diyos. Ang kanyang diwa—ang diwa ng kanyang mga paggawa ay pagsunod, hindi pagdadalawang-isip, hindi paglaban, at higit pa rito, hindi pag-iisip ng mga pansarili niyang kapakanan o pakinabang at kawalan. At noon pang sinabi ng Diyos na gugunawin Niya ang mundo sa pamamagitan ng isang baha, hindi tinanong ni Noe kung kailan o kung anong mangyayari sa mga bagay-bagay, at tiyak na hindi niya tinanong ang Diyos kung paano Niya gugunawin ang mundo. Gumawa lang siya ayon sa tagubilin ng Diyos. Sa paano mang paraan nais ng Diyos na gawin ito at kung sa ano gawa ito, ginawa niya mismo ang hiningi ng Diyos at kaagad na sinimulan ang paggawa. Kumilos siya alinsunod sa mga tagubilin ng Diyos nang may saloobing nagnanais na magbigay-kasiyahan sa Diyos. Ginagawa ba niya ito upang matulungan ang sarili niya

na makaiwas sa sakuna? Hindi. Tinanong ba niya ang Diyos kung gaano pa katagal bago gunawin ang mundo? Hindi. Tinanong ba niya ang Diyos o alam ba niya kung gaano katagal gawin ang arka? Hindi rin niya alam iyon. Sumunod lamang siya, nakinig, at ginawa ang ipinag-uutos. Ang mga tao ngayon ay hindi tulad nito: Sa sandaling may kapisang impormasyon ang nabunyag sa pamamagitan ng salita ng Diyos, sa sandaling nakadama ang mga tao ng pagkaliskis ng mga dahon dahil sa ihip ng hangin, agad silang kumilos, ano pa man at anuman ang dapat bayaran, upang maihanda ang kanilang kakainin, iinum, at gagamitin matapos ang sakuna, pinaplano kahit ang dadaanan sa pagtakas kapag dumating ang sakuna. Ang mas kapansin-pansin pa ay, sa mahalagang sandaling ito, ang mga utak ng tao ay napakahusay sa “pagtapos ng gawain.” Sa mga kalagayang hindi nagbigay ang Diyos ng anumang mga tagubilin, kayang magplano ng tao para sa lahat sa napakaangkop na paraan. Maaari ninyong gamitin ang salitang “perpekto” para ilarawan ang ganitong mga plano. Tungkol naman sa kung ano ang sinabi ng Diyos, ano ang mga layunin ng Diyos, o ano ang mga gusto ng Diyos, walang may pakialam, at walang sumubok na pahalagahan ito. Hindi ba iyan ang pinakamalaking pagkakaiba sa mga tao ngayon at kay Noe?

Sa naitalang ito na kuwento ni Noe, may nakikita ba kayong bahagi ng disposisyon ng Diyos? May hangganan ang pagpapasensiya ng Diyos para sa katiwalian, karumihan at karahasan ng tao. Kapag umabot Siya sa hangganang iyon, hindi na Siya magiging mapagpasensiya at sa halip ay sisimulan na ang Kanyang bagong pamamahala at bagong plano, sisimulan nang gawin ang dapat Niyang gawin, ibunyag ang Kanyang mga gawa at ang kabilang bahagi ng Kanyang disposisyon. Ang pagkilos Niyang ito ay hindi upang ipakita na hindi Siya dapat saktan kailanman ng tao o ipakita na Siya ay puno ng awtoridad at poot, at hindi upang ipakita na kaya Niyang wasakin ang sangkatauhan. Ito ay dahil ang Kanyang disposisyon at ang Kanyang banal na diwa ay hindi na makapagpapahintulot o ubos na ang pasensiya na mamuhay ang ganitong uri ng sangkatauhan sa Kanyang harapan, sa ilalim ng Kanyang kapamahalaan. Ang ibig sabihin, kapag ang buong sangkatauhan ay laban sa Kanya, kapag wala na Siyang maaaring iligtas sa buong mundo, wala na Siyang pasensiya para sa ganitong uri ng sangkatauhan, at isasagawa nang walang anumang pag-aalinlangan ang Kanyang plano—ang wasakin ang ganitong uri ng sangkatauhan. Ang ganitong kilos ng Diyos ay itinakda ng Kanyang disposisyon. Ito ay isang hindi maiiwasang kahihinatnan, at isang kahihinatnan na dapat tiisin ng bawat nilikha sa ilalim ng kapamahalaan ng Diyos. Hindi ba nito ipinakikita na sa kasalukuyang panahon, hindi na mahintay ng Diyos na makumpleto ang Kanyang plano at iligtas ang mga taong nais Niyang iligtas? Sa ilalim ng mga kalagayang ito, ano ang pinakamahalaga sa Diyos? Hindi kung paanong ang mga lubusang hindi sumusunod sa Kanya o ang mga lumalaban sa Kanya ay tinatrato o nilalaban Siya, o kung paano manirang-puri ang mga tao laban sa Kanya. Ang mahalaga lamang sa Kanya ay kung ang mga sumusunod sa Kanya, ang mga pakay ng Kanyang kaligtasan sa Kanyang plano ng pamamahala, ay nagawa na Niyang

ganap, kung naging marapat sila sa Kanyang kaluguran. Para sa mga tao na bukod sa mga sumusunod sa Kanya, naglalaan lamang Siya paminsan-minsan ng kaunting kaparusahan upang ipahayag ang Kanyang poot. Halimbawa: mga tsunami, mga lindol, at mga pagputok ng bulkan. Kasabay nito, malakas din Niyang ipinagtatanggol at inaalagaan ang mga sumusunod sa Kanya at mga malapit na Niyang iligtas. Ang disposisyon ng Diyos ay ito: Sa isang dako, maaari Niyang bigyan ang mga taong balak Niyang gawing ganap ng kasukdulang pagpapasensiya at pagpaparaya, at hintayin sila hangga't makakaya Niya; sa kabilang dako, matindi ang galit at kinasusuklaman ng Diyos ang mala-Satanas na uri ng tao na hindi sumusunod sa Kanya at lumalaban sa Kanya. Bagama't wala Siyang pakialam kung itong mga mala-Satanas na uri ay sumusunod sa Kanya o sumasamba sa Kanya, kinamumuhian Niya pa rin sila habang pinagpapasensiyahan sila ng Kanyang puso, at sa Kanyang pagtatakda ng katapusan nitong mga mala-Satanas na uri, hinihintay rin Niya ang pagdating ng mga hakbang ng Kanyang plano ng pamamahala.

Tingnan natin ang susunod na pahayag.

2. Ang Pagpapala ng Diyos kay Noe Matapos ang Baha

Genesis 9:1–6 At binasbasan ng Diyos si Noe at ang kanyang mga anak, at sa kanila'y sinabi, “Kayo'y magpalaanakin, at magpakarami at inyong kalatan ang lupa. At ang takot sa inyo at sindak sa inyo ay mapapasa bawat hayop sa lupa, at sa bawat ibon sa himpapawid; lahat ng umuusad sa lupa, at lahat ng isda sa dagat; ibinibigay sa inyong kamay. Bawat gumagalaw na nabubuhay ay magiging pagkain ninyo; gaya ng mga sariwang pananim na lahat ay ibinibigay Ko sa inyo. Ngunit ang lamang may buhay, na siya niyang dugo, ay huwag ninyong kakanin. At tunay na hihingan Ko ng sulit ang dugo ng inyong mga buhay; sa kamay ng bawat hayop ay hihingan Ko ng sulit, at sa kamay ng tao; sa kamay ng bawat kapatid ng tao ay hihingan Ko ng sulit ang buhay ng tao. Ang sinumang magbubo ng dugo ng tao, sa pamamagitan ng tao ay mabububo ng kanyang dugo: sapagkat sa larawan ng Diyos nilalang ang tao.”

Ano ang nakikita ninyo mula sa pahayag na ito? Bakit Ko napili ang mga bersikulong ito? Bakit hindi Ako kumuha ng sipi tungkol kay Noe at sa kanyang pamilya sa loob ng arka? Dahil ang impormasyong iyon ay walang gaanong kaugnayan sa paksang tatalastasin natin sa araw na ito. Ang ating pinagtutuunan ay ang disposisyon ng Diyos. Kung nais ninyong malaman ang tungkol sa mga detalyeng iyon, maaari ninyong kunin ang Bibliya at basahin nang inyong sarili. Hindi natin iyan pag-uusapan dito. Ang pangunahing bagay na pag-uusapan natin sa araw na ito ay tungkol sa kung paano malalaman ang mga pagkilos ng Diyos.

Matapos tanggapin ni Noe ang mga tagubilin ng Diyos at gawin ang arka at mabuhay sa pagdaan ng mga araw kung kailan ay gumamit ang Diyos ng baha upang gunawin ang mundo, nakaligtas ang kanyang pamilyang walong katao. Bukod sa pamilya ni Noe na walong katao, ang lahat ng sangkatauhan ay nalipol, at ang lahat ng nabubuhay sa

daigdig ay nalipol. Binigyan si Noe ng Diyos ng mga pagpapala, at may mga sinabi sa kanya at sa kanyang mga anak na lalaki. Ang mga bagay na ito ang ibinigay ng Diyos sa kanya at mga pagpapala rin ng Diyos sa kanya. Ito ang pagpapala at pangakong ibinigay ng Diyos sa isang taong makapakikinig sa Kanya at makatatanggap ng Kanyang mga tagubilin, at ang paraan rin kung paano nagpapabuya ang Diyos sa mga tao. Ang ibig sabihin, kung si Noe man ay isang perpektong tao o isang matuwid na tao sa mata ng Diyos o hindi, at gaano man karami ang kaalaman niya tungkol sa Diyos, sa madaling salita, si Noe at ang kanyang tatlong anak na lalaki ay nakinig lahat sa mga salita ng Diyos, nakipagtulungan sa gawain ng Diyos, at ginawa ang dapat nilang gawin alinsunod sa mga tagubilin ng Diyos. Bunga nito, napanatili nila ang mga tao at iba't ibang uri mga nabubuhay para sa Diyos matapos ang pagkagunaw ng mundo sa pamamagitan ng baha, at sa gayon ay nakapag-ambag nang malaki sa susunod na hakbang ng plano ng pamamahala ng Diyos. Dahil sa lahat ng kanyang nagawa, pinagpala siya ng Diyos. Marahil para sa mga tao sa kasalukuyan, ang ginawa ni Noe ay ni hindi karapat-dapat banggitin. Baka iniisip pa ng ilan: “Walang ginawa si Noe; nakapagpasya na ang Diyos na iligtas siya, kaya tiyak na makaliligtas siya. Ang kanyang pagkaligtas ay hindi dahil sa kanyang sariling mga nagawa. Ito ang gusto ng Diyos na mangyari, dahil ang tao ay pasibo.” Ngunit hindi ito ang iniisip ng Diyos. Para sa Diyos, kung ang tao man ay dakila o hamak, basta’t makikinig sila sa Kanya, makasusunod sa Kanyang mga tagubilin at sa Kanyang mga ipinagkakatiwala, at maaaring makipagtulungan sa Kanyang gawain, sa Kanyang kalooban, at sa Kanyang plano, upang matupad nang maayos ang Kanyang kalooban at ang Kanyang plano, ang asal na iyon kung gayon ay karapat-dapat sa Kanyang pag-alaala at pagtanggap ng Kanyang pagpapala. Pinahahalagahan ng Diyos ang ganitong mga tao, at tinatangi Niya ang kanilang mga gawa at ang kanilang pag-ibig at paggiliw para sa Kanya. Ito ang saloobin ng Diyos. Kaya bakit pinagpala ng Diyos si Noe? Dahil ganito ang pagturing ng Diyos sa ganoong mga paggawa at pagsunod ng tao.

Tungkol sa pagpapala ng Diyos kay Noe, sasabihin ng ilan: “Kung ang tao ay makikinig sa Diyos at bibigyang-saya ang Diyos, kung gayon nararapat na pagpalain ng Diyos ang tao. Di ba’t hindi na kailangang banggitin iyan?” Maaari ba nating sabihin iyan? Sabi ng ilang tao: “Hindi.” Bakit hindi natin maaaring sabihin iyan? Sinasabi ng ilang tao: “Ang tao ay hindi karapat-dapat magtamasa ng pagpapala ng Diyos.” Hindi ito lubusang tama. Dahil kapag ang isang tao ay tumanggap ng mga ipinagkakatiwala sa kanila ng Diyos, may pamantayan ang Diyos sa paghusga kung ang mga pagkilos ng isang tao ay mabuti o masama at kung ang taong iyan ay sumunod, at kung ang taong iyan ay nakatupad sa kalooban ng Diyos at kung ang kanyang ginagawa ay nakaabot sa pamantayan. Ang mahalaga sa Diyos ay ang puso ng tao, hindi ang panlabas nilang mga ginagawa. Hindi ito isang kaso na dapat pagpalain ng Diyos ang isang tao basta gumagawa siya ng isang bagay, sa paanong paraan man nila ito ginawa. Ito ay isang maling pagkaunawa ng tao sa Diyos. Hindi lamang tumitingin ang Diyos sa huling resulta

ng mga bagay, ngunit mas nagbibigay-diin sa kalagayan ng puso ng tao at sa saloobin ng tao habang nagaganap ang mga bagay, at tinitingnan Niya kung mayroong pagsunod, pagsasaalang-alang, at kagustuhang magbigay-saya sa Diyos sa kanilang puso. Gaano karami ang kaalaman ni Noe tungkol sa Diyos noong panahong iyon? Kasindami ba ng mga doktrinang alam na ninyo ngayon? Sa mga aspeto ng katotohanan tulad ng mga konsepto at kaalaman sa Diyos, nakatanggap ba siya ng kasindaming pagdidilig at pagpapastol tulad ninyo? Hindi! Ngunit may isang katunayang hindi maikakaila: Sa mga kamalayan, mga isipan, at kahit sa kailaliman ng mga puso ng mga tao sa kasalukuyan, ang kanilang mga konsepto at saloobin sa Diyos ay malabo at di-tiyak. Maaari ninyo pa ngang sabihin na may mga taong negatibo ang saloobin tungkol sa pag-iral ng Diyos. Ngunit sa puso ni Noe at sa kanyang kamalayan, ang pag-iral ng Diyos ay walang pasubali at walang alinlangan, at kaya ang kanyang pagsunod sa Diyos ay dalisay at matatag sa pagsubok. Ang kanyang puso ay malinis at bukas sa Diyos. Hindi niya kailangan ng masyadong maraming kaalaman sa mga doktrina upang makumbinsi ang sarili niyang sumunod sa bawat salita ng Diyos, ni hindi rin niya kailangan ng maraming katunayan upang patunayan ang pag-iral ng Diyos upang matanggap niya kung ano ang ipinagkatiwala ng Diyos at makayang gawin ang anumang ipinagagawa sa kanya ng Diyos. Ito ang mahalagang pagkakaiba ni Noe at ng mga tao sa kasalukuyan. Ito rin ang tunay na kahulugan ng kung ano talaga ang isang perpektong tao sa mata ng Diyos. Ang nais ng Diyos ay mga taong tulad ni Noe. Siya ang uri ng taong pinupuri ng Diyos at tiyak din na siya ang uri ng taong pinagpapala ng Diyos. May natanggap ba kayong anumang kaliwanagan mula rito? Ang mga tao ay tumitingin sa mga tao mula sa labas, samantalang ang tinitingnan ng Diyos ay ang mga puso ng mga tao at ang kanilang diwa. Hindi pinapayagan ng Diyos ang sinumang magkaroon ng anumang pagkakahati ng puso o alinlangan tungo sa Kanya, ni hindi rin Niya pinapayagan ang mga taong maghinala o subukin Siya sa anumang paraan. Kaya kahit na ang mga tao sa kasalukuyan ay harap-harapan sa salita ng Diyos—maaari pa nga ninyong sabihin nang harap-harapan sa Diyos—sanhi ng isang bagay na nasa kaibuturan ng kanilang mga puso, ang pag-iral ng kanilang tiwaling diwa, at ang kanilang mapanlaban na saloobin sa Kanya, ang mga tao ay nahahadlangan na magkaroon ng tunay na paniniwala sa Diyos, at nahaharangan sa kanilang pagsunod sa Kanya. Dahil dito, napakahirap para sa kanilang matamo ang pagpapalang tulad ng ipinagkaloob ng Diyos kay Noe.

Susunod, tingnan natin ang bahaging ito ng kasulatan tungkol sa paraan na ginamit ng Diyos ang bahaghari bilang palatandaan ng Kanyang tipan sa tao.

3. Ginagamit ng Diyos ang Bahaghari Bilang Isang Palatandaan ng Kanyang Tipan sa Tao

Genesis 9:11–13 At Aking pagtitibayin ang Aking tipan sa inyo; ni hindi Ko na lilipulin ang lahat ng laman sa pamamagitan ng tubig ng baha; ni hindi na magkakaroon pa ng bahang gigiba ng lupa. At sinabi ng Diyos, “Ito ang tanda ng tipang ginawa Ko sa inyo, at sa bawat kinapal na

may buhay na kasama ninyo sa buong panahon: Ang Aking bahaghari ay inilalagay Ko sa alapaap, at siyang magiging tanda ng tipan Ko at ng lupa.”

Alam ng karamihan sa mga tao kung ano ang bahaghari at nakarinig na sila ng ilang kuwento na may kaugnayan sa mga bahaghari. Tungkol sa kuwento ng bahaghari sa Bibliya, may ilang tao na naniniwala rito at may ilan na itinuturing itong alamat, habang ang iba ay hindi talaga naniniwala rito. Ano pa man, ang lahat ng nangyaring may kaugnayan sa bahaghari ay gawain ng Diyos, at naganap sa proseso ng pamamahala ng Diyos sa tao. Ang mga pangyayaring ito ay naitala nang eksakto sa Bibliya. Hindi sinasabi sa atin ng mga naitalang ito kung ano ang lagay ng damdamin ng Diyos sa panahong iyon o ang mga layunin na nasa likod ng mga salitang ito na sinabi ng Diyos. Higit pa rito, walang makapagpahalaga sa nararamdaman ng Diyos noong sinabi Niya ang mga ito. Subalit ang kalagayan ng isip ng Diyos tungkol sa buong pangyayaring ito ay naihayag sa nakatagong kahulugan ng teksto. Para bang ang Kanyang mga kaisipan ay tumatalon mula sa pahina sa pamamagitan ng bawat salita at parirala ng salita ng Diyos.

Ang mga kaisipan ng Diyos ang dapat na binibigyang-pansin ng mga tao at dapat nilang sinusubukang malaman nang higit sa lahat. Ito ay dahil ang mga naiisip ng Diyos ay malapit na kaugnay sa pagkaunawa ng tao sa Diyos, at ang pagkaunawa ng tao sa Diyos ay isang dugtong na hindi maaaring mawala sa pagpasok ng tao sa buhay. Kaya, ano ang iniisip ng Diyos noong panahong nangyari ang mga ito?

Sa simula, sa mata ng Diyos lumikha Siya ng sangkatauhan na napakabuti at malapit sa Kanya, ngunit sila ay nilipol sa pamamagitan ng baha matapos maghimagsik laban sa Kanya. Nasaktan ba ang Diyos na ang ganoong sangkatauhan ay agad naglaho nang ganoon na lamang? Siyempre, masakit iyon! Kaya ano ang pagpapahayag Niya ng sakit na ito? Paano ito naitala sa Bibliya? Naitala ito sa Bibliya sa mga salitang ito: “At Aking pagtitibayin ang Aking tipan sa inyo; ni hindi Ko na lilipulin ang lahat ng laman sa pamamagitan ng tubig ng baha; ni hindi na magkakaroon pa ng bahang gigiba ng lupa.” Ang simpleng pangungusap na ito ay nagpapahayag ng mga kaisipan ng Diyos. Lubhang napakasakit sa Kanya itong pagkagunaw ng mundo. Sa mga salita ng tao, Siya ay napakalungkot. Maaari nating gunitain: Ano ang anyo ng daigdig na minsan ay puno ng buhay pagkatapos itong ginunaw ng baha? Ano ang hitsura ng daigdig, na minsan ay puno ng mga tao, noong panahong iyon? Walang tahanan na para sa tao, walang mga buhay na nilikha, may tubig kahit saan at isang lubos na pagkawasak sa ibabaw ng tubig. Ang ganito bang eksena ang talagang layunin ng Diyos noong nilikha Niya ang mundo? Siyempre hindi! Ang talagang layunin ng Diyos ay makakita ng buhay sa buong kalupaan, ang makita ang mga taong Kanyang nilikha na sumasamba sa Kanya, hindi para si Noe lang ang nag-iisang sumasamba sa Kanya o ang nag-iisang maaaring tumugon sa Kanyang panawagan na tapusin ang ipinagkatiwala sa kanya. Noong naglaho ang sangkatauhan, nakita ng Diyos ang lubos na kabaligtaran ng talagang nilayon Niya. Paanong hindi masasaktan ang Kanyang puso? Kaya noong ibinubunyag

Niya ang Kanyang disposisyon at ipinahihiwatig ang Kanyang mga damdamin, nagpasya ang Diyos. Anong uri ng pasya ang Kanyang ginawa? Ang gumawa ng arko sa ulap (iyon ay ang mga bahagharing nakikita natin) bilang isang tipan sa tao, isang pangako na hindi na muling lilipulin ng Diyos ang sangkatauhan sa pamamagitan ng baha. Kasabay nito, ito ay para sabihin din sa mga tao na ginunaw ng Diyos ang mundo sa pamamagitan ng baha, upang magpakailanman ay maipaalala sa sangkatauhan kung bakit ginawa ng Diyos ang ganoon.

Ang pagkagunaw ba ng mundo noong panahong iyon ay kagustuhan ng Diyos? Tiyak na hindi ito ang gusto ng Diyos. Maaari nating gunitain ang maliit na bahagi ng kaawa-awang anyo ng daigdig matapos ang pagkagunaw ng mundo, ngunit hindi natin magugunita nang sapat kung ano ang anyo ng eksenang ito sa panahong iyon sa mata ng Diyos. Masasabi natin, kung ito man ay mga tao ngayon o noon, walang makagugunita o makapagpapahalaga kung ano ang nararamdaman ng Diyos noong nakita Niya ang eksenang iyon, ang anyong iyon ng mundo pagkatapos itong magunaw sa pamamagitan ng baha. Napilitan ang Diyos na gawin ito dahil sa pagsuway ng tao, ngunit ang sakit na pinagdusahan ng puso ng Diyos mula sa pagkagunaw na ito ng mundo sa pamamagitan ng baha ay isang realidad na walang makakaarok o makakapagpapahalaga. Kaya gumawa na ang Diyos ng isang tipan sa tao, at nilayon Niya sa pamamagitan nito na sabihin sa mga tao na alalahanin na minsan ay may ginawa ang Diyos na tulad nito, at upang manumpa sa kanila na hindi na kailanman gugunawing muli ng Diyos ang mundo sa ganoong paraan. Sa tipang ito makikita natin ang puso ng Diyos—makikita natin na ang puso ng Diyos ay nakaramdam ng sakit noong nilipol Niya ang sangkatauhang ito. Sa wika ng tao, noong nilipol ng Diyos ang sangkatauhan at nakitang naglalaho ang sangkatauhan, ang Kanyang puso ay umiiyak at nagdurugo. Hindi ba iyan ang pinakamainam na paraan para mailarawan ito? Ang mga salitang ito ang ginagamit ng mga tao upang ilarawan ang mga damdamin ng tao, ngunit dahil ang wika ng tao ay masyadong kapos, ang gamitin ang mga ito upang ilarawan ang mga nararamdaman at damdamin ng Diyos ay hindi na gaanong masama para sa Akin, at ni hindi rin naman gaanong lumalabis ang mga ito. Kahit paano binigyan kayo ng napakatingkad, napakaangkop na pagkaunawa sa kung ano ang lagay ng damdamin ng Diyos noong panahong iyon. Ano na ang iisipin ninyo ngayon kapag may nakita kayo ulit na bahaghari? Kahit paano, maaalala ninyo kung paano nagdalamhati nang minsan ang Diyos dahil sa pagkakagunaw ng mundo sa pamamagitan ng baha. Maaalala ninyo kung paano, bagama't kinapootan ng Diyos ang mundong ito at kinamuhian ang sangkatauhang ito, noong nilipol Niya ang mga taong nilikha Niya ng sarili Niyang mga kamay, na ang puso Niya ay nasasaktan, nagpupumilit bumitaw, nag-aatubili, at nahihirapang magtiis. Ang tangi Niyang kinaaliwan ay ang pamilya ni Noe na walong katao. Ang pakikipagtulungan ni Noe ang nagtulot na hindi mawalang-saysay ang Kanyang mga napakaingat na pagsisikap sa paglikha ng lahat ng bagay. Sa panahong nagdurusa ang Diyos, ito lamang ang pampawi sa Kanyang nararamdaman na sakit.

Mula noon, inilagay ng Diyos ang lahat ng Kanyang inaasahan sa sangkatauhan sa pamilya ni Noe, umaasang mabubuhay sila sa ilalim ng Kanyang mga pagpapala at hindi sa Kanyang sumpa, umaasang hindi nila kailanman muling makikitang gunawin ng Diyos ang mundo sa pamamagitan ng baha, at umaasa ring hindi sila magugunaw.

Anong bahagi ng disposisyon ng Diyos ang dapat nating matutunan mula rito? Kinamuhian ng Diyos ang tao dahil ang tao ay kumakalaban sa Kanya, ngunit sa Kanyang puso, ang Kanyang pag-aalaga, pagmamalasakit, at awa para sa sangkatauhan ay nanatiling hindi nagbabago. Kahit noong nilipol Niya ang sangkatauhan, ang puso Niya'y nanatiling hindi nagbago. Noong ang sangkatauhan ay napuno ng katiwalian at naging suwail sa Diyos hanggang sa isang nakapanghihinang punto, kinailangan ng Diyos na wasakin ang sangkatauhan, dahil sa Kanyang disposisyon at Kanyang diwa, at alinsunod sa Kanyang mga panuntunan. Ngunit dahil sa diwa ng Diyos, kinaawaan pa rin Niya ang sangkatauhan, at nagnais pang gumamit ng iba't ibang mga paraan upang tubusin ang sangkatauhan nang makapagpatuloy silang mabuhay. Gayunman, nilabanan ng tao ang Diyos, nagpatuloy na sumuway sa Diyos, at tinanggihan na tanggapin ang pagliligtas ng Diyos, na ang ibig sabihin, tinanggihan na tanggapin ang Kanyang mabubuting layunin. Kahit paano man sila tinawag ng Diyos, pinaalalahanan, tinustusan, tinulungan, o pinagbigyan, hindi ito naunawaan o pinahalagahan ng tao, at ni hindi rin sila nagbigay-pansin. Sa kabila ng sakit Niyang nadama, hindi pa rin kinalimutan ng Diyos na ipagkaloob sa tao ang pinakamataas na antas ng Kanyang pagpaparaya, naghihintay na baliktarin ng tao ang kanyang direksiyon. Matapos Niyang maabot ang Kanyang hangganan, ginawa Niya ang dapat Niyang gawin nang walang anumang alinlangan. Sa madaling sabi, may partikular na panahon at proseso mula sa sandaling binalak ng Diyos na lipulin ang sangkatauhan hanggang sa pagsisimula ng Kanyang gawain na paglipol sa sangkatauhan. Umiral ang ganitong proseso upang bigyang-kakayahan ang tao na baliktarin ang kanyang direksiyon, at ito ang huling pagkakataon na ibinigay ng Diyos sa tao. Kaya ano ang ginawa ng Diyos sa panahong ito bago lipulin ang sangkatauhan? Napakaraming pagpapaalala at masidhing paghihikayat ang ginawa ng Diyos. Kahit gaano pa katindi ang sakit o pighating pinagdadaan ng puso ng Diyos, patuloy Niyang ibinigay ang Kanyang pag-aalaga, malasakit, at masaganang awa sa sangkatauhan. Ano ang nakikita natin mula rito? Walang duda, nakikita natin na ang pag-ibig ng Diyos para sa sangkatauhan ay totoo at hindi buwang-bibig lamang. Ito ay tunay, nadarama at may halaga, hindi huwad, marumi, mapandaya o mapagkunwari. Hindi kailanman gumagamit ang Diyos ng anumang pandaraya o lumilikha ng mga huwad na larawan para ipakita sa mga taong Siya ay kaibig-ibig. Hindi Siya kailanman gumagamit ng di-tunay na patotoo para maipakita sa mga tao ang Kanyang pagiging kaibig-ibig, o ipangalandakan ang Kanyang pagiging kaibig-ibig at kabanalan. Hindi ba karapat-dapat para sa pag-ibig ng tao ang mga aspetong ito ng disposisyon ng Diyos? Hindi ba karapat-dapat sambahin ang mga ito? Hindi ba karapat-dapat itangi ang mga ito? Sa puntong ito, nais Ko kayong

tanungin: Matapos ninyong marinig ang mga salitang ito, sa palagay ba ninyo ang kadakilaan ng Diyos ay pawang mga salita lamang sa isang pilas ng papel? Ang pagiging kaibig-ibig ba ng Diyos ay mga hungkag na salita lamang? Hindi! Tiyak na hindi! Ang pangingibabaw ng Diyos, ang Kanyang kadakilaan, kabanalan, pagpaparaya, pag-ibig, at iba pa—lahat ng detalye ng bawat isa sa iba't ibang aspeto ng disposisyon at diwa ng Diyos ay nakakakita ng praktikal na pagpapahayag tuwing ginagawa Niya ang Kanyang gawain, ay nakapaloob sa Kanyang kalooban para sa tao, at natutupad at nasasalamon din sa bawat tao. Nadama mo man dati ito o hindi pa, inaalagaan ng Diyos ang bawat tao sa bawat posibleng paraan, gamit ang Kanyang tapat na puso, karunungan, at iba't ibang kaparaanan upang mapainit ang puso ng bawat tao, at magising ang espiritu ng bawat tao. Ito ay isang di-matututulang katunayan. Gaano man karaming tao ang nakaupo rito, ang bawat tao ay nagkaroon na ng iba't ibang mga karanasan at mga damdamin sa pagpaparaya, pagpapasensya, at pagiging kaibig-ibig ng Diyos. Ang mga karanasang ito sa Diyos at ang mga nadarama o pananaw na ito sa Kanya—sa madaling salita, ang lahat ng positibong bagay na ito ay mula sa Diyos. Kaya sa pagsasama-sama ng mga karanasan at kaalaman ng lahat sa Diyos at sa pagsama sa mga ito sa mga binasa natin sa araw na ito na mga pahayag mula sa Bibliya, may mas totoo at tamang kaunawaan na ba kayo ngayon sa Diyos?

Matapos mabasa ang kuwentong ito at maunawaan nang kaunti ang disposisyon ng Diyos na naipahayag sa pamamagitan ng kaganapang ito, anong uri ng bagong kaalaman ang mayroon kayo tungkol sa Diyos? Nakapagbigay ba ito sa inyo ng mas malalim na pagkaunawa sa Diyos at sa Kanyang puso? Iba na ba ngayon ang nadarama ninyo kapag muli ninyong tinitingnan ang kuwento ni Noe? Sa inyong opinyon, hindi na ba kailangang magbahagian tungkol sa mga bersikulong ito sa Bibliya? Ngayong napagbahagian na natin ang mga ito, sa palagay ba ninyo ay hindi ito kinakailangan? Tiyak na kailangan ito! Kahit na ang binasa natin ay isang kuwento, isa itong tunay na tala ng gawaing isinakatuparan ng Diyos. Ang layunin Ko ay hindi upang maipaintindi sa inyo ang mga detalye ng mga kuwentong ito o ng tauhang ito, ni hindi rin upang mapag-aralan ninyo ang karakter na ito, at tiyak na hindi upang bumalik kayo at pag-aralang muli ang Bibliya. Naiintindihan ba ninyo? Kaya nakatulong ba ang mga kuwentong ito sa inyong kaalaman sa Diyos? Ano ang naidagdag ng kuwentong ito sa inyong pagkaunawa sa Diyos? Sabihin ninyo sa amin, mga kapatirang lalaki at babae mula sa mga iglesia sa Hong Kong. (Nakita namin na ang pag-ibig ng Diyos ay isang bagay na walang sinuman sa ating mga tiwaling tao ang may taglay.) Sabihin ninyo sa amin, mga kapatirang lalaki at babae mula sa mga iglesia sa Timog Korea. (Ang pag-ibig ng Diyos para sa tao ay totoo. Ang pag-ibig ng Diyos para sa tao ay nagtataglay ng Kanyang disposisyon at nagtataglay ng Kanyang kadakilaan, kabanalan, pangingibabaw, at ng Kanyang pagpaparaya. Sulit na subukan nating magtamo ng mas malalim na pagkaunawa dito.) (Sa pamamagitan ng pagbabahagian kanina lamang, sa isang dako nakikita ko ang matuwid at banal na disposisyon ng Diyos, at nakikita ko rin ang

malasakit na mayroon ang Diyos para sa sangkatauhan, ang awa ng Diyos para sa sangkatauhan, at na ang lahat ng ginagawa ng Diyos at bawat naiisip at ideya na mayroon Siya ay nagbubunyag ng Kanyang pag-ibig at malasakit para sa sangkatauhan.) (Ang dating pagkaunawa ko ay ginamit lamang ng Diyos ang baha upang gunawin ang mundo dahil ang sangkatauhan ay naging masama na hanggang sa isang nakapanghihinang punto, at para bang nilipol ng Diyos ang sangkatauhang ito dahil kinasuklanan Niya sila. Nang matapos magsalita ang Diyos sa araw na ito tungkol sa kuwento ni Noe at sabihing nagdurugo ang puso ng Diyos ay saka ko lamang natanto na tunay palang nag-aatubili ang Diyos na bitawan ang sangkatauhang ito. Dahil lamang masyadong suwail ang sangkatauhan kaya walang nagawa ang Diyos kundi lipulin sila. Sa katunayan, ang puso ng Diyos sa panahong ito ay napakalungkot. Mula rito, nakikita ko sa disposisyon ng Diyos ang Kanyang pag-aalaga at malasakit para sa sangkatauhan. Ito ay isang bagay na hindi ko alam dati.) Napakabuti! Maaari kayong sumunod. (Apektadong-apektado ako matapos makinig. Nabasa ko na ang Bibliya noon, ngunit hindi pa ako kailanman nagkaroon ng karanasang tulad ng sa araw na ito kung saan hinihimay nang direkta ng Diyos ang mga bagay na ito upang makilala natin Siya. Ang pagsama sa atin ng Diyos na tulad nito upang makita natin ang Bibliya ang nagpaalam sa akin na ang diwa ng Diyos sa harap ng katiwalian ng tao ay pag-ibig at pag-aaruga sa sangkatauhan. Mula sa panahong naging tiwali ang tao hanggang sa mga nalalabing araw sa kasalukuyan, kahit na ang Diyos ay mayroong matuwid na disposisyon, ang Kanyang pag-ibig at pagkalinga ay nananatiling walang pagbabago. Ipinakikita nito na ang diwa ng pag-ibig ng Diyos, mula sa paglikha hanggang ngayon, naging tiwali man ang tao, ay hindi kailanman nagbabago.) (Nakita ko sa araw na ito na ang diwa ng Diyos ay hindi magbabago dahil sa pagbabago ng panahon o lugar ng Kanyang gawain. Nakita ko rin na, nililikha man ng Diyos ang mundo o ginugunaw ito matapos maging tiwali ang tao, ang lahat ng ginagawa Niya ay may kabuluhan at taglay ang Kanyang disposisyon. Sa ganoon, nakita ko na ang pag-ibig ng Diyos ay walang-hanggan at hindi masusukat, at nakita ko rin, tulad ng nabanggit ng ibang kapatirang lalaki at babae, ang pagkalinga at awa ng Diyos para sa sangkatauhan noong ginunaw Niya ang mundo.) (Ito ay mga bagay na talagang hindi ko alam noon. Matapos makinig sa araw na ito, pakiramdam ko na ang Diyos ay tunay na kapani-paniwala, tunay na mapagkakatiwalaan, karapat-dapat paniwalaan, at talagang umiiral Siya. Tunay kong napahahalagahan sa puso ko na ang disposisyon at pag-ibig ng Diyos ay talagang ganito katotoo. Ito ang nararamdaman ko matapos makinig sa araw na ito.) Napakagaling! Mukhang isinapuso ninyong lahat ang inyong narinig.

May napansin ba kayong isang bagay mula sa lahat ng bersikulo sa Bibliya, kasama na ang lahat ng kuwento sa Bibliya na pinagbahaginan natin sa araw na ito? Ginamit ba kailanman ng Diyos ang Kanyang sariling wika upang ipahayag ang Kanyang sariling mga kaisipan o ipaliwanag ang Kanyang pag-ibig at pagkalinga para sa sangkatauhan? May naitala ba tungkol sa Kanya na gumagamit Siya ng karaniwang wika upang sabihin

kung gaano Siya nagmamalasakit o umiibig sa sangkatauhan? Hindi. Hindi ba tama iyan? Napakarami sa inyo ang nakabasa na ng Bibliya o mga librong bukod pa sa Bibliya. Mayroon bang sinuman sa inyo ang nakakita ng mga salitang ganoon? Ang sagot ay tiyak na wala! Ibig sabihin, sa mga tala ng Bibliya, kasama na ang mga salita ng Diyos o ang pagsasa-dokumento ng Kanyang gawain, hindi kailanman sa anumang kapanahunan o anumang sakop na panahon ginamit ng Diyos ang Kanyang sariling mga pamamaraan upang ilarawan ang Kanyang mga damdamin o ipahayag ang Kanyang pag-ibig at pagkalinga para sa sangkatauhan, ni hindi rin kailanman gumamit ang Diyos ng pananalita o anumang mga kilos upang ipahiwatig ang Kanyang mga nararamdaman at mga emosyon—hindi ba iyan ay isang katunayan? Bakit Ko sinasabi iyon? Bakit Ko kailangang banggitin ito? Dahil ito rin ay nagtataglay ng pagiging kaibig-ibig ng Diyos at ng Kanyang disposisyon.

Nilikha ng Diyos ang sangkatauhan; nagawa man silang tiwali o sumusunod sa Kanya, itinuturing ng Diyos ang mga tao bilang mga pinakaitinatangi Niyang minamahal—o gaya ng sinasabi ng mga tao, ang mga taong pinakamahalaga sa Kanya—at hindi bilang mga laruan Niya. Bagama't sinasabi ng Diyos na Siya ang Lumikha at ang tao ay Kanyang nilikha, na para bang may kaunting pagkakaiba sa katayuan, ang realidad ay lahat ng nagawa ng Diyos para sa sangkatauhan ay sobra-sobra para sa ganitong kalikasan ng relasyon. Mahal ng Diyos ang sangkatauhan, inaalagaan ang sangkatauhan, at nagpapakita ng malasakit para sa sangkatauhan, gayundin ay patuloy at walang-tigil na naglalaan para sa sangkatauhan. Hindi Niya kailanman nararamdaman sa Kanyang puso na ito ay karagdagang gawain o bagay na karapat-dapat bigyan ng malaking parangal. Ni hindi rin Niya nararamdaman na ang pagliligtas sa sangkatauhan, pagtutustos sa kanila, at pagbibigay sa kanila ng lahat ng bagay, ay pagbibigay ng napakalaking ambag sa sangkatauhan. Tahimik at walang-imik lamang Siyang naglalaan para sa sangkatauhan, sa sarili Niyang paraan at sa pamamagitan ng sarili Niyang diwa at kung anong mayroon at kung ano Siya. Gaano man karami ang paglalaan at gaano man karaming tulong ang natatanggap ng sangkatauhan mula sa Kanya, hindi kailanman iniisip o sinusubukan ng Diyos na angkinin ang papuri. Ito ay itinatakda ng diwa ng Diyos, at tiyak rin na isa itong tunay na pagpapahayag ng disposisyon ng Diyos. Ito ang dahilan kung bakit, nakatala man ito o hindi sa Bibliya o sa anumang ibang mga aklat, hindi kailanman natin nakikitang ipinahahayag ng Diyos ang Kanyang mga kaisipan, at hindi kailanman natin nakikitang inilalarawan o ipinahahayag ng Diyos sa mga tao kung bakit Niya ginagawa ang mga bagay na ito, o bakit masyado Niyang kinakalinga ang sangkatauhan, na may layunin na magpasalamat ang sangkatauhan sa Kanya o purihin Siya. Kahit Siya ay nasasaktan, kapag ang Kanyang puso ay may pinagdadaanang matinding sakit, hindi Niya kailanman kinalilimutan ang Kanyang pananagutan sa sangkatauhan o ang Kanyang malasakit para sa sangkatauhan, tinitii Niya lamang ang lahat ng sakit at kirot nang tahimik at nag-iisa. Sa kabaligtaran, patuloy ang Diyos na naglalaan para sa sangkatauhan tulad ng lagi

Niyang ginagawa. Kahit na ang sangkatauhan ay madalas na nagpupuri sa Diyos o nagpapatotoo para sa Kanya, walang kahit na ano sa mga asal na ito ang hinihingi ng Diyos. Ito ay dahil hindi kailanman hinahangad ng Diyos na ang anuman sa mabubuting bagay na ginagawa Niya para sa sangkatauhan ay palitan ng pagkilala ng utang na loob o mabayaran. Sa kabilang dako, ang mga may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan, ang mga tunay na sumusunod sa Diyos, nakikinig sa Kanya at tapat sa Kanya, at ang mga nakasusunod sa Kanya—ito ang mga tao na madalas na makatatanggap ng mga pagpapala ng Diyos, at igagawad ng Diyos ang ganoong mga pagpapala nang walang pasubali. Higit pa rito, ang mga pagpapalang natatanggap ng mga tao mula sa Diyos ay madalas na higit pa sa kanilang imahinasyon, at higit rin sa anumang mabibigyang-katwiran ng mga tao kapalit ng kanilang nagawa o ng halagang kanilang pinagbayaran. Kapag tinatamasa ng sangkatauhan ang mga pagpapala ng Diyos, mayroon bang nakaaalala sa kung ano ang ginagawa ng Diyos? Mayroon bang nagpapakita ng malasakit para sa nararamdaman ng Diyos? Mayroon bang sinumang sumusubok na bigyang-halaga ang nadaramang sakit ng Diyos? Ang sagot ay isang mariing hindi! Kaya ba ng sinumang tao, kabilang na si Noe, na pahalagahan ang sakit na nadarama ng Diyos sa sandaling iyon? Kaya ba ng sinuman na pahalagahan kung bakit gagawa ng ganoong tipan ang Diyos? Hindi nila kaya! Hindi pinahahalagahan ng sangkatauhan ang nadaramang sakit ng Diyos hindi dahil hindi nila maunawaan ang sakit ng damdamin ng Diyos, at hindi dahil sa agwat na namamagitan sa Diyos at tao o sa pagkakaiba ng kanilang katayuan; sa halip, ito ay dahil walang pakialam ang sangkatauhan sa anumang mga nararamdaman ng Diyos. Ipinapalagay ng sangkatauhan na hindi umaasa sa iba ang Diyos—na hindi kailangan ng Diyos ang mga tao na nagmamalasakit sa Kanya, upang unawain Siya o pakitaan Siya ng pagsasaalang-alang. Ang Diyos ay Diyos, kaya wala Siyang nadaramang sakit, walang mga damdamin; hindi Siya malulungkot, hindi Siya nakadarama ng hinagpis, ni hindi Siya umiiyak. Ang Diyos ay Diyos, kaya hindi Niya kailangan ang anumang pagpapahayag ng damdamin at hindi Niya kailangan ang anumang kaginhawahan ng damdamin. Kung kailanganin man Niya ang mga ito sa ilang pagkakataon, kung gayon ay kaya Niyang makaagapay nang mag-isa at hindi Siya mangangailangan ng anumang tulong mula sa sangkatauhan. Sa kabaligtaran, ang mga mahihina, isip-batang mga tao ang nangangailangan ng pampalubag-loob ng Diyos, paglalaan, pagpapalakas, at kahit ang pag-aaliw Niya sa kanilang mga damdamin sa lahat ng panahon at sa lahat ng lugar. Ang ganoong kaisipan ay nakakubli sa kaibuturan ng mga puso ng sangkatauhan: Ang tao ang mahina; kailangan nila ang Diyos upang alagaan sila sa lahat ng paraan, karapat-dapat sila sa lahat ng pag-aalagang natatanggap nila mula sa Diyos, at dapat nilang hilingin mula sa Diyos ang anumang palagay nila na dapat ay sa kanila. Ang Diyos ang malakas; nasa Kanya ang lahat, at dapat na Siya ang maging tagapag-alaga ng sangkatauhan at tagapagkaloob ng mga pagpapala. Dahil Siya ay Diyos na, makapangyarihan Siya sa lahat at hindi kailanman Siya nangangailangan ng anuman mula sa sangkatauhan.

Dahil hindi nagbibigay-pansin ang tao sa anumang mga pagbubunyag ng Diyos, hindi niya kailanman nadama ang pighati, sakit, o galak ng Diyos. Ngunit sa kabaligtaran, alam ng Diyos ang lahat ng pagpapahayag ng tao tulad ng palad ng Kanyang kamay. Tinutustusan ng Diyos ang mga pangangailangan ng bawat tao sa lahat ng oras at sa lahat ng lugar, pinagmamasdan ang nagbabagong mga kaisipan ng bawat tao at sa gayon ay inaaliw at masidhing hinihikayat sila, at ginagabayan at iniilawan sila. Sa ngalan ng lahat ng bagay na nagawa ng Diyos sa sangkatauhan at lahat ng halagang Kanyang binayaran dahil sa kanila, may makikita bang mga pahayag ang mga tao sa Bibliya o mula sa anumang sinabi ng Diyos hanggang sa ngayon na malinaw na nagsasabing hihingi ang Diyos ng anuman mula sa tao? Wala! Sa kabaligtaran, kahit na paano balewalain ng mga tao ang kaisipan ng Diyos, paulit-ulit pa rin Niyang pinangungunahan ang sangkatauhan, paulit-ulit na tinutustusan ang sangkatauhan at tinutulungan sila, upang makasunod sila sa daan ng Diyos para maabot nila ang magandang hantungan na inihanda Niya para sa kanila. Pagdating sa Diyos, kung anong mayroon at kung ano Siya, ang biyaya Niya, ang awa Niya, at lahat ng pabuya Niya, ay ipagkakaloob nang walang pasubali sa mga nagmamahal at sumusunod sa Kanya. Ngunit hindi Niya kailanman ipinahahayag sa sinumang tao ang sakit na pinagdusahan Niya o ang lagay ng isipan Niya, at hindi Siya kailanman nagrereklamo tungkol sa sinumang hindi nagsasaalang-alang sa Kanya o hindi nakaaalam ng Kanyang kalooban. Dinadala lamang Niya ang lahat ng ito nang tahimik, naghihintay sa araw na mauunawaan ng sangkatauhan.

Bakit Ko sinasabi rito ang mga bagay na ito? Ano ang nakikita ninyo mula sa mga bagay na nasabi Ko? Mayroong isang bagay sa diwa at disposisyon ng Diyos na napakadaling hindi mapansin, isang bagay na kung ano ang mayroon ang Diyos lamang at hindi ninumang tao, kasama yaong sa tingin ng iba ay mga dakilang tao, mabubuting tao, o ang Diyos ng kanilang imahinasyon. Ano ang bagay na ito? Ito ang pagiging hindi makasarili ng Diyos. Kapag nagsasalita tungkol sa pagiging hindi makasarili, maaaring isipin mong ikaw rin ay lubhang hindi makasarili, dahil pagdating sa iyong mga anak, hindi ka kailanman nakikipagbaratan o nakikipagtawaran sa kanila, o iniisip mong ikaw rin ay lubhang hindi makasarili pagdating sa iyong mga magulang. Ano man ang iyong palagay, kahit paano ay may konsepto ka sa salitang “hindi makasarili” at iniisip ito bilang isang positibong salita, at ang pagiging isang tao na hindi makasarili ay napakarangal. Kapag ikaw ay hindi makasarili, mataas ang tingin mo sa iyong sarili. Ngunit walang nakakakita sa pagiging hindi makasarili ng Diyos sa lahat ng bagay, sa mga tao, mga pangyayari, at mga bagay, at sa Kanyang gawain. Bakit ganoon ito? Dahil ang tao ay masyadong makasarili! Bakit Ko sinasabi iyon? Ang sangkatauhan ay nabubuhay sa isang materyal na mundo. Maaaring sumusunod ka sa Diyos, ngunit hindi mo kailanman nakikita o napahahalagahan ang paraan na ang Diyos ay nagtutustos sa iyo, nagmamahal, at nagpapakita ng malasakit para sa iyo. Kaya ano ang nakikita mo? Nakikita mo ang mga kamag-anak mo sa dugo na nagmamahal sa iyo o mapagpalayaw

sa iyo. Nakikita mo ang mga bagay na kapaki-pakinabang sa iyong laman, kinakalinga mo ang mga tao at mga bagay na mahal mo. Ito ang tinatawag na pagiging hindi makasarili ng tao. Ngunit ang mga ganitong “hindi makasariling” mga tao ay hindi kailanman nagbibigay-pansin sa Diyos na nagbibigay sa kanila ng buhay. Kung ihahambing iyan sa Diyos, ang pagiging hindi makasarili ng tao ay nagiging makasarili at kasuklam-suklam. Ang pagiging hindi makasarili na pinaniniwalaan ng tao ay hungkag at hindi makatotohanan, may halo, hindi tugma sa Diyos, at hindi kaugnay sa Diyos. Ang pagiging hindi makasarili ng tao ay para sa sarili niya, habang ang pagiging hindi makasarili ng Diyos ay isang tunay na pagbubunyag ng Kanyang diwa. Ang mismong dahilan nito ay ang pagiging hindi makasarili ng Diyos kaya patuloy Niyang tinutustusan ang tao. Maaaring hindi kayo gaanong apektado ng paksang tinatalakay Ko sa araw na ito at pawang tumatango lamang sa pagsang-ayon, ngunit kapag sinusubukan mong pahalagahan ang puso ng Diyos sa iyong puso, matutuklasan mo ito nang hindi sinasadya: Sa lahat ng tao, mga usapin, at mga bagay na nadarama mo sa mundong ito, tanging ang pagiging hindi makasarili ng Diyos ang totoo at tiyak, dahil ang pag-ibig lamang ng Diyos para sa iyo ang walang pasubali at walang dungis. Bukod sa Diyos, ang lahat ng anumang tinatawag na pagiging hindi makasarili ng sinuman ay pawang huwad, mababaw, hindi matapat; mayroon itong layunin, mga tanging hangarin, may kapalit, at hindi kakayaning dumaan sa pagsubok. Maaari ninyo pang sabihin na ito ay marumi at kasumpa-sumpa. Sang-ayon ba kayo sa mga salitang ito?

Alam Kong lubhang hindi kayo bihasa sa mga paksang ito at nangangailangan ng kaunting panahon para matanto ang mga ito bago ninyo tunay na maunawaan. Habang mas hindi kayo bihasa sa mga usapin at mga paksang ito, mas napatutunayan na ang mga paksang ito ay wala sa inyong puso. Kung hindi Ko kailanman babanggitin ang mga paksang ito, may sinuman ba sa inyong makaaalam ng kahit na ano tungkol sa mga ito? Sa palagay Ko hindi ninyo kailanman malalaman ang mga ito. Tiyak iyan. Gaano man karami ang kayang maabot ng inyong isipan o maunawaan, sa madaling salita, ang mga paksang ito na tinatalakay Ko ang pinakakulang sa mga tao at dapat nilang malaman nang higit sa lahat. Ang mga paksang ito ay napakahalaga para sa lahat—ang mga ito ay itinatangi at ang mga ito ay buhay, at ito ang mga bagay na dapat ninyong taglayin para sa hinaharap na paglalakbay. Kapag wala ang mga salitang ito bilang gabay, kapag wala ang iyong pagkaunawa sa disposisyon at diwa ng Diyos, lagi ka lamang may dala-dalang katanungan pagdating sa Diyos. Paano ka makakapaniwala sa Diyos nang maayos kung hindi mo man lamang Siya nauunawaan? Wala kang alam tungkol sa damdamin ng Diyos, sa Kanyang kalooban, sa lagay ng Kanyang isip, sa kung ano ang Kanyang iniisip, kung ano ang nagpapalungkot sa Kanya, at kung ano ang nagpapasaya sa Kanya, kaya paano ka magiging mapagsaalang-alang sa puso ng Diyos?

Kapag ang Diyos ay nababalisa, hinaharap Niya ang isang sangkatauhan na hindi man lamang nagbibigay sa Kanya ng anumang pansin, isang sangkatauhan na sumusunod sa Kanya at nagsasabing mahal Siya ngunit lubusang hindi pinapansin ang

Kanyang mga nararamdaman. Paanong hindi masasaktan ang Kanyang puso? Sa gawaing pamamahala ng Diyos, tapat Siyang nagsasakatuparan ng Kanyang gawain at nangungusap sa bawat tao, at hinaharap Niya sila nang walang pasubali o itinatago, ngunit sa kabaligtaran, ang bawat taong sumusunod sa Kanya ay sarado sa Kanya, at walang sinumang may gustong mas mapalapit sa Kanya, maunawaan ang Kanyang puso, o magbigay-pansin sa Kanyang mga nararamdaman. Kahit ang mga nagnanais na maging malapit sa Diyos ay ayaw mapalapit sa Kanya, maging mapagsaalang-alang sa Kanyang puso, o subukang maunawaan Siya. Kapag ang Diyos ay nagagalak at masaya, walang sinumang makababahagi sa Kanyang kasayahan. Kapag mali ang pagkakaunawa ng mga tao sa Diyos, walang sinumang makapagbibigay-aliw sa Kanyang sugatang puso. Kapag nasasaktan ang Kanyang puso, wala ni isang tao ang may gustong makinig sa Kanyang pagbubukas-loob sa kanila. Sa nagdaang ilang libong taon ng gawain ng pamamahala ng Diyos, walang sinumang nakauunawa sa mga damdamin ng Diyos, walang sinumang nakaiintindi o nakapagpapahalaga sa mga ito, at mas lalong walang sinumang nakatatayo sa tabi ng Diyos upang makibahagi sa Kanyang mga kagalakan at mga kapighatian. Ang Diyos ay namamanglaw. Siya ay namamanglaw! Namamanglaw ang Diyos hindi lamang dahil lumalaban sa Kanya ang natiwaling sangkatauhan, kundi lalong dahil sa kanila na nagsisikap na maging espirituwal, dahil sa kanila na nagnanais na makilala ang Diyos at maunawaan Siya, at maging ang mga gustong mag-alay ng kanilang buong buhay sa Kanya ay hindi rin alam ang Kanyang mga iniisip at hindi nauunawaan ang Kanyang disposisyon at Kanyang mga damdamin.

Sa katapusan ng kuwento ni Noe, nakikita nating gumamit ang Diyos ng di-karaniwang paraan upang ipahayag ang Kanyang mga damdamin sa panahong iyon. Ang paraang ito ay lubhang natatangi: ang gumawa ng tipan sa tao na nagpapahayag ng katapusan sa paggamit ng Diyos sa baha upang gunawin ang mundo. Sa panlabas, ang paggawa ng isang tipan ay para bang napakapangkaraniwang bagay. Walang ginagawa dito kundi gumamit ng mga salita upang bigkisin ang magkabilang partido at pigilan sila sa paglabag ng kanilang napagkasuduan para mapangalagaan ang mga kapakanan ng magkabilang panig. Sa anyo, ito ay isang napakapangkaraniwang bagay, ngunit ang nasa likod na mga dahilan at layunin ng paggawa ng Diyos ng bagay na ito ay isang tunay na pagbubunyag ng disposisyon at lagay ng isipan ng Diyos. Kung isasantabi mo lamang ang mga salitang ito at hindi papansinin, kung hindi Ko kailanman sabihin sa inyo ang katotohanan ng mga bagay-bagay, hindi talaga kailanman malalaman ng sangkatauhan ang pag-iisip ng Diyos. Marahil sa iyong imahinasyon ay nakangiti ang Diyos nang ginawa Niya ang tipang ito, o marahil ay seryoso ang mukha Niya, ngunit ano man ang pinakakaraniwang pagpapahayag ng Diyos sa mga imahinasyon ng mga tao, walang sinuman ang makakakita sa puso ng Diyos o sa Kanyang nadaramang sakit, at lalo na ng Kanyang pamamanglaw. Walang makagagawang pagkatiwalaan sila ng Diyos o maging karapat-dapat sa tiwala ng Diyos, o maging isang taong

mapagpapahayagan ng Kanyang mga iniisip o mapagbubuksan Niya ng nadarama Niyang sakit. Iyan ang dahilan kung bakit walang ibang maaaring gawin ang Diyos kundi ang gawin ang ganoong bagay. Sa pang-ibabaw, madaling bagay ang ginawa ng Diyos na pagpapaalam sa naunang sangkatauhan, pagsasaayos sa nakaraan at ganap na pagtatapos ng paggunaw Niya sa mundo sa pamamagitan ng baha. Subalit ibinaon ng Diyos ang sakit mula sa sandaling ito sa kaibuturan ng Kanyang puso. Sa panahong walang sinumang mapagbubuksang-loob ang Diyos, gumawa Siya ng tipan sa sangkatauhan, sinasabi sa kanilang hindi na ulit Niya gugunawin ang mundo sa pamamagitan ng baha. Kapag lumilitaw ang bahaghari, ito ay upang ipaalala sa mga tao na minsan ay naganap ang ganoong pangyayari at upang magbabala sa kanila na huwag gumawa ng kasamaan. Kahit na sa ganoong kasakit na kalagayan, hindi kinalimutan ng Diyos ang sangkatauhan at nagpakita pa rin ng napakalaking malasakit para sa kanila. Hindi ba ito ang pag-ibig at pagiging hindi makasarili ng Diyos? Ngunit ano ang iniisip ng mga tao kapag sila ay nagdurusa? Hindi ba't ito ang panahong pinakakailangan nila ang Diyos? Sa mga panahong tulad nito, laging kinakaladkad ng mga tao ang Diyos palapit sa kanila upang mabigyan Niya sila ng kaginhawahan. Kailanman, hinding-hindi bibiguin ng Diyos ang mga tao, at lagi Niyang bibigyang-kakayahan ang mga tao na makaahon mula sa kanilang mga mabibigat na suliranin at mabuhay sa liwanag. Bagama't tinutustusan ng Diyos ang sangkatauhan, sa puso ng tao, ang Diyos ay isa lamang pildoras na pampalakas-loob, isang gamot na nakapagpapaginhawa. Kapag ang Diyos ay nagdurusa, kapag sugatan ang Kanyang puso, ang pagkakaroon ng isang nilikha o sinumang taong sasamahan Siya o pagiginhawahin Siya ay walang-dudang isang marangyang pagnanais lamang para sa Diyos. Hindi kailanman pinapansin ng tao ang mga damdamin ng Diyos, kaya hindi kailanman humihingi ang Diyos ni umaasa na mayroong sinumang makaaaliw sa Kanya. Ginagamit lamang Niya ang Kanyang sariling mga pamamaraan upang ipahayag ang lagay ng Kanyang damdamin. Hindi iniisip ng mga tao na malaking paghihirap para sa Diyos ang dumaan sa ilang pagdurusa, ngunit kapag talagang sinubukan mo lamang na maunawaan ang Diyos, kapag totoong napahahalagahan mo ang mga taimtim na hangarin ng Diyos sa lahat ng Kanyang ginagawa, madarama mo ang kadakilaan ng Diyos at ang Kanyang pagiging hindi makasarili. Bagama't gumawa ang Diyos ng isang tipan sa sangkatauhan gamit ang bahaghari, hindi Niya kailanman sinabi sa kahit kanino kung bakit Niya ginawa ito—bakit Niya itinatag ang tipan na ito—nangangahulugang hindi Niya kailanman sinabi sa kahit kaninuman ang Kanyang totoong mga kaisipan. Ito ay dahil walang sinumang nakaiintindi sa lalim ng pag-ibig na mayroon ang Diyos para sa sangkatauhang nilikha Niya sa pamamagitan ng Kanyang sariling mga kamay, at wala ring sinumang makapagpapahalaga kung gaano talaga kasakit ang pinagdusahan ng Kanyang puso noong nilipol Niya ang sangkatauhan. Kaya kahit sabihin Niya sa mga tao kung ano ang nadarama Niya, hindi nila kayang isagawa ang pagkakatiwalang ito. Kahit nasasaktan Siya, nagpapatuloy pa rin Siya sa susunod na hakbang ng

gawain Niya. Laging ibinigay ng Diyos ang pinakamahusay na panig Niya at ang mga pinakamahusay na bagay sa sangkatauhan habang tahimik na dinadala Niya Mismo ang lahat ng pagdurusa. Hindi kailanman lantarang ipinahahayag ng Diyos ang mga pagdurusang ito. Sa halip, tinitiiis Niya ang mga ito at tahimik na naghihintay. Ang pagtitiis ng Diyos ay hindi malamig, manhid, o walang-magawa, ni hindi ito tanda ng kahinaan. Bagkus, ang pag-ibig at diwa ng Diyos ay palaging hindi makasarili. Ito ay isang likas na pagbubunyag ng Kanyang diwa at disposisyon, at isang totoong pagsasakatawan ng pagkakakilanlan ng Diyos bilang ang tunay na Lumikha.

Sa pagsasabi Ko nito, maaaring may ilang tao ang magkamali sa pagpakahulugan sa ibig Kong sabihin, at isipin, “Ang paglalarawan ba sa damdamin ng Diyos nang ganoon kadetalye, nang may malaking kagilalasan, ay sinasadya upang makadama ng pagdaramdam ang mga tao para sa Diyos?” Iyon ba ang layunin nito? (Hindi.) Ang tanging layunin Ko sa pagsasabi ng mga bagay na ito ay upang mas makilala ninyo ang Diyos, upang maunawaan ang hindi mabilang na aspeto Niya, maunawaan ang Kanyang mga damdamin, upang mapahalagahan na ang diwa at disposisyon ng Diyos ay, nang tunay at unti-unti, ipinahahayag sa pamamagitan ng Kanyang gawain, na kabaligtaran ng ipinapakita ng hungkag na mga salita ng tao, ng mga titik at doktrina nila, o mga imahinasyon nila. Ang ibig sabihin, ang Diyos at ang diwa ng Diyos ay talagang umiiral—hindi sila mga ipininta, hindi mga haka-haka, hindi binuo ng tao, at tiyak na hindi ginawa ng tao. Nakikita na ba ninyo ito ngayon? Kung talagang nakikita ninyo ito, nakamit nga ng mga salita Ko sa araw na ito ang kanilang layunin.

Tatlong paksa ang tinalakay natin sa araw na ito. Tiwala Akong marami ang nakuha ng lahat mula sa pagbabahagian natin tungkol sa tatlong paksang ito. Maaari Kong sabihin nang tiyak na, sa pamamagitan ng tatlong paksang ito, binago ng mga kaisipan ng Diyos na inilarawan Ko o ng disposisyon at diwa ng Diyos na binanggit Ko ang mga guni-guni at pagkaunawa ng mga tao tungkol sa Diyos, binago pa nito ang paniniwala ng lahat sa Diyos, at higit pa rito, binago ang anyo ng Diyos na hinahangaan ng lahat sa kanilang mga puso. Anu’t ano pa man, umaasa Ako na ang natutuhan ninyo tungkol sa disposisyon ng Diyos sa dalawang bahaging ito ng Bibliya ay kapaki-pakinabang sa inyo, at inaasahan Kong pagbalik ninyo ay susubukin ninyong lalo pang pag-isipan ito. Ang pagtitipon sa araw na ito ay nagtatapos na rito. Paalam!

Nobyembre 4, 2013

Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo II

Noong ating huling pulong ay naibahagi natin ang isang napakahalagang paksa. Naaalala ba ninyo kung ano ito? Hayaan ninyong ulitin Ko ito. Ang paksa ng ating huling pagbabahagi ay: Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo. Mahalaga ba ang paksang ito para sa inyo? Aling mga bahagi nito ang pinakamahalaga para sa inyo? Ang gawain ng Diyos, ang disposisyon ng Diyos, o ang Diyos Mismo? Saan kayo pinaka-interesado? Aling mga bahagi ang pinakagusto ninyong marinig? Alam Kong mahirap para sa inyo na sagutin ang tanong na iyan, dahil ang disposisyon ng Diyos ay makikita sa bawat aspeto ng Kanyang gawain, at ang Kanyang disposisyon ay palaging ibinubunyag ng Kanyang gawain at sa lahat ng lugar, at, sa katunayan, ay kumakatawan sa Diyos Mismo; sa pangkalahatang plano ng pamamahala ng Diyos, ang gawain ng Diyos, ang disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo ay hindi mapaghihiwalay sa isa't isa.

Ang nilalaman ng ating huling pagbabahagi tungkol sa gawain ng Diyos ay kinabibilangan ng mga salaysay mula sa Bibliya tungkol sa mga pangyayaring naganap matagal na panahon na ang nakalilipas. Ang lahat ng ito ay mga kuwento tungkol sa tao at Diyos, at ang mga ito ay tungkol sa mga nangyari sa tao, habang kinasasangkutan din ng pakikilahok at pagpapahayag ng Diyos, kung kaya't ang mga kuwentong ito ay mayroong partikular na halaga at kabuluhan sa pagkilala sa Diyos. Pagkatapos na pagkatapos Niyang likhain ang sangkatauhan, ang Diyos ay nagsimulang makipag-ugnayan sa tao at makipag-usap sa tao, at ang Kanyang disposisyon ay nagsimulang maipahayag sa tao. Sa ibang salita, magmula nang unang makipag-ugnayan ang Diyos sa sangkatauhan, sinimulan na Niyang ipakita sa tao, nang walang hinto, ang Kanyang diwa, kung ano ang mayroon Siya, at kung ano Siya. Nakikita o nauunawaan man ito o hindi ng mga naunang tao o ng mga tao sa kasalukuyang panahon, ang Diyos ay nagsasalita sa tao at gumagawa sa mga tao, na nagbubunyag ng Kanyang disposisyon at nagpapahayag ng Kanyang diwa—ito ay isang katunayan, at hindi ito maikakaila ng sinumang tao. Nangangahulugan din ito na ang disposisyon ng Diyos, ang diwa ng Diyos, at kung ano ang mayroon Siya at kung ano Siya ay patuloy na lumalabas at naibubunyag habang gumagawa at nakikipag-ugnayan Siya sa tao. Hindi Siya kailanman naglihim o nagtago ng anumang bagay mula sa tao, at sa halip ay nagpapakita sa madla at naglalabas ng Kanyang sariling disposisyon nang walang pag-aatubili. Kung kaya't umaasa ang Diyos na makakaya Siyang makilala ng tao at maunawaan ang Kanyang disposisyon at diwa. Hindi Niya nais na ituring ng tao ang Kanyang disposisyon at diwa bilang walang hanggang mga misteryo, at hindi rin Niya nais na tingnan Siya ng sangkatauhan bilang isang palaisipan na hindi kailanman malulutas. Malalaman lamang ng tao ang daan pasulong at magagawang tanggapin ang gabay ng Diyos kung kilala ng sangkatauhan ang Diyos, at tanging ang sangkatauhang tulad nito ang tunay na

makakapamuhay sa ilalim ng kapamahalaan ng Diyos, at mabubuhay sa liwanag, sa gitna ng mga pagpapala ng Diyos.

Ang mga salita at disposisyong inilabas at ibinunyag ng Diyos ay kumakatawan sa Kanyang kalooban, at kumakatawan din ang mga ito sa Kanyang diwa. Kapag nakikipag-ugnayan ang Diyos sa tao, anuman ang Kanyang sabihin o gawin, o anuman ang disposisyong Kanyang ibunyag, at anuman ang nakikita ng tao sa diwa ng Diyos, kung ano ang mayroon Siya, at kung ano Siya, kinakatawan ng lahat ng ito ang kalooban ng Diyos para sa tao. Hanggang saan man ang kayang mapagtanto, maunawaan o maintindihan ng tao, kinakatawan ng lahat ng ito ang kalooban ng Diyos—ang kalooban ng Diyos para sa tao. Ito ay walang pag-aalinlangan! Ang kalooban ng Diyos para sa sangkatauhan ay siya ring hinihingi Niya sa mga tao na maging, kung ano ang hinihingi Niyang gawin nila, ang hinihingi Niyang paraan ng pamumuhay, at kung paano Niya hinihingi sa kanila ang pagkakaroon ng kakayahang maisakatuparan ang kaganapan ng Kanyang kalooban. Ang mga bagay na ito ba ay hindi maihihiwalay mula sa diwa ng Diyos? Sa ibang salita, inilalabas ng Diyos ang Kanyang disposisyon at ang lahat ng mayroon Siya at kung ano Siya kasabay ng pagbibigay Niya ng Kanyang mga hinihingi sa tao. Walang kasinungalingan, walang pagkukunwari, walang pagtatago, at walang palamuti. Ngunit bakit walang-kakayahan ang tao na makaalam, at bakit hindi kailanman nagawang makita nang malinaw ng tao ang disposisyon ng Diyos? At bakit hindi kailanman napagtanto ng tao ang kalooban ng Diyos? Ang ibinunyag at inilabas ng Diyos ay kung ano ang mayroon ang Diyos Mismo at kung ano Siya; ito ay ang bawat aspeto at bahagi ng Kanyang tunay na disposisyon—kaya bakit hindi makakita ang tao? Bakit hindi kaya ng tao na magkaroon ng malalim na kaalaman? Mayroong isang mahalagang dahilan para rito. Ano ang dahilang ito? Mula pa noong panahon ng paglikha, hindi kailanman itinuturing ng tao ang Diyos bilang Diyos. Sa mga pinakaunang panahon, anuman ang ginawa ng Diyos na may kinalaman sa tao—ang tao na kalilikha lamang—itinuring ng tao ang Diyos nang hindi hihigit sa isang kasama, bilang isang kasama na maaasahan, at ang tao ay walang kaalaman o pagkaunawa tungkol sa Diyos. Ang ibig sabihin nito ay hindi alam ng tao na ang inilabas ng Katauhang ito—ang Katauhang ito na kanyang inasahan at nakita bilang kanyang kasama—ay ang diwa ng Diyos, at hindi rin niya alam na ang Katauhang ito ang Siyang namamahala sa lahat ng bagay. Sa madaling sabi, hindi man lamang nakilala ng mga tao noong panahong iyon ang Diyos. Hindi nila alam na ang langit at lupa at ang lahat ng bagay ay ginawa Niya, at wala silang kaalam-alam kung saan Siya nagmula, at, higit pa rito, kung ano Siya. Mangyari pa, noong panahong iyon, hindi hiningi ng Diyos sa tao na kilalanin o unawain Siya nito, o intindihin ang lahat ng Kanyang ginawa, o malaman ang Kanyang kalooban, dahil ito ang mga pinakaunang panahon kasunod ng paglikha sa sangkatauhan. Nang simulan ng Diyos ang mga paghahanda para sa gawain ng Kapanahunan ng Kautusan, may ilang bagay na ginawa ang Diyos sa tao at nagsimula na rin Siyang hingin ang Kanyang mga kagustuhan sa tao at sabihin sa tao kung paano makapagbibigay ng mga

handog at makasasamba sa Diyos. Noon lamang nagkaroon ang tao ng ilang simpleng ideya tungkol sa Diyos, saka lamang niya nalaman ang kaibahan sa pagitan ng tao at Diyos, at na ang Diyos ang Siyang lumikha sa sangkatauhan. Nang malaman ng tao na ang Diyos ay Diyos at ang tao ay tao, nagkaroon ng ilang distansya sa pagitan niya at ng Diyos, ngunit hindi pa rin hiningi ng Diyos sa tao ang pagkakaroon ng mahusay na kaalaman o malalim na pagkaunawa sa Kanya. Samakatwid, gumagawa ang Diyos ng iba't ibang mga kahilingan sa tao batay sa mga yugto at kalagayan ng Kanyang gawain. Ano ang nakikita ninyo rito? Anong aspeto ng disposisyon ng Diyos ang nakikita ninyo? Totoo ba ang Diyos? Angkop ba ang mga hinihingi ng Diyos sa tao? Sa mga pinakaunang panahon matapos ang paglikha ng Diyos sa sangkatauhan, noong hindi pa isinasagawa ng Diyos ang gawain ng paglupig at pagperpekto ng tao, at hindi pa marami ang mga binigkas Niyang salita sa kanya, kaunti lamang ang Kanyang hiningi sa tao. Kahit anupaman ang ginawa o ikinilos ng tao—kahit ginawa niya ang ilang bagay na nagdulot ng pagkakasala sa Diyos—pinatawad ng Diyos ang lahat ng iyon, at hindi na pinansin. Ito ay dahil alam ng Diyos kung ano ang ibinigay Niya sa tao at kung ano ang nasa loob ng tao, at dahil dito, alam Niya ang pamantayan ng mga kahilingan na dapat Niyang hingin sa tao. Kahit na ang pamantayan ng Kanyang mga kahilingan ay labis na mababa noong panahong iyon, hindi ito nangangahulugan na ang Kanyang disposisyon ay hindi dakila, o na ang Kanyang karunungan at pagiging makapangyarihan sa lahat ay walang kabuluhan. Para sa tao, isa lamang ang paraan upang malaman ang disposisyon ng Diyos at ang Diyos Mismo: sa pamamagitan ng pagsunod sa mga hakbang ng gawain ng pamamahala at pagliligtas ng Diyos sa sangkatauhan, at pagtanggap sa mga salitang sinasabi ng Diyos sa sangkatauhan. Sa oras na malaman ng tao kung ano ang mayroon ang Diyos, at kung ano Siya, at malaman ang disposisyon ng Diyos, hihingin pa rin kaya ng tao sa Diyos na ipakita sa kanya ang tunay Niyang persona? Hindi, hindi na ito hihingin ng tao, at hindi na mangangahas na hingin pa ito, dahil naunawaan na niya ang disposisyon ng Diyos at kung ano ang mayroon Siya at kung ano Siya, makikita na ng tao ang tunay na Diyos Mismo at ang Kanyang tunay na persona. Ito ang hindi maiiwasang kahirinatnan.

Habang walang humpay sa pagsulong ang gawain at plano ng Diyos, at matapos maisagawa ng Diyos ang kasunduan ng bahaghari sa tao bilang tanda na hindi na Niya kailanman wawasakin muli ang mundo sa pamamagitan ng pagbaha, nagkaroon ang Diyos ng labis na pagnanais na makamit ang mga taong kayang maging kaisa ng Kanyang isipan. Nagkaroon din Siya ng mas madaliang hangarin na mapasakanya ang mga taong nakayang gawin ang Kanyang kalooban sa lupa, at, higit pa rito, na makamit ang isang grupo ng mga tao na magagawang makalaya mula sa mga puwersa ng kadiliman, at hindi magagapos ni Satanas, isang grupo na magagawang magpatotoo tungkol sa Kanya sa lupa. Ang pagkakaroon ng ganitong grupo ng mga tao ay matagal nang ninanais ng Diyos, na hinihintay Niya simula pa noong panahon ng paglikha. Samakatwid, kahit pa gumamit ang Diyos ng baha upang wasakin ang mundo, o ang

Kanyang kasunduan sa tao, ang lahat ng kalooban, kaisipan, plano, at pag-asa ng Diyos ay hindi nagbabago. Ang nais Niyang gawin, ang bagay na labis Niyang hinangad bago pa man ang panahon ng paglikha, ay ang makamit ang bahagi ng sangkatauhan na nais Niyang mapasakanya—ang makamit ang grupo ng mga tao na kayang umunawa at umalam ng Kanyang disposisyon, at umintindi ng Kanyang kalooban, isang grupo na kaya Siyang sambahin. Ang ganitong grupo ng mga tao ay tunay na kayang magpatotoo tungkol sa Kanya, at maaaring sabihin na sila ang Kanyang mga pinagkakatiwalaan.

Ngayon, ipagpatuloy natin ang muling paghahanap sa mga yapak ng Diyos at ang pagsunod sa mga hakbang ng Kanyang gawain, upang matuklasan natin ang mga saloobin at kaisipan ng Diyos, at ang lahat ng iba't ibang detalyeng may kinalaman sa Diyos, na “naitago sa imbak” nang mahabang panahon. Sa pamamagitan ng mga bagay na ito malalaman natin ang disposisyon ng Diyos, mauunawaan ang diwa ng Diyos, patutuluyin natin ang Diyos sa ating mga puso, at ang bawat isa sa atin ay dahan-dahang mapapalapit sa Diyos, na magpapaikli ng ating distansiya mula sa Kanya.

Bahagi ng ating pinag-usapan noong nakaraan ay may kinalaman sa kung bakit itinatag ng Diyos ang Kanyang kasunduan sa tao. Ngayon, tayo ay magbabahagi tungkol sa mga talata mula sa kasulatan na nasa ibaba. Magsimula tayo sa pamamagitan ng pagbabasa mula sa mga kasulatan.

A. Abraham

1. Ipinangako ng Diyos na Bibigyan Niya ng Anak na Lalaki si Abraham

Genesis 17:15–17 At sinabi ng Diyos kay Abraham, “Tungkol kay Sarai na iyong asawa, ay huwag mo nang tatawagin ang kanyang pangalang Sarai, kundi Sara ang magiging kanyang pangalan. At Akin siyang pagpapalain, at saka sa kanya’y bibigyan kita ng anak: oo, siya’y Aking pagpapalain, at magiging ina ng mga bansa; ang mga hari ng mga bayan ay magmumula sa kanya.” Nang magkagayo’y nagpatirapa si Abraham, at nagtawa, at nasabi sa kanyang sarili, “Magkakaanak kaya siya na may isandaang taon na? At manganak pa kaya si Sara na may siyamnapung taon na?”

Genesis 17:21–22 Ngunit ang Aking tipan ay pagtitibayin Ko kay Isaac na iaanak sa iyo ni Sara, sa nakataklang araw, sa taong darating. At nang matapos na makipag-usap sa kanya, ay napaitaas ang Diyos mula sa piling ni Abraham.

Walang Makapigil sa Gawaing Pinagpapasyahang Gawin ng Diyos

Katatapos lamang ninyong marinig ang kuwento ni Abraham, hindi ba? Siya ay pinili ng Diyos matapos Niyang wasakin ng baha ang mundo, ang kanyang pangalan ay Abraham, at nang siya ay isandaang taong gulang na at ang kanyang asawang si Sara naman ay siyamnapu, ang pangako ng Diyos ay dumating sa kanya. Ano ang ipinangako ng Diyos sa kanya? Ang tinutukoy sa Kasulatan ang ipinangako ng Diyos: “At Akin siyang pagpapalain, at saka sa kanya’y bibigyan kita ng anak.” Ano ang pinagbatayan

ng pangako ng Diyos na bigyan siya ng isang anak na lalaki? Ibinibigay ng Kasulatan ang sumusunod na pahayag: “Nang magkagayo’y nagpatirapa si Abraham, at nagtawa, at nasabi sa kanyang sarili, ‘Magkakaanak kaya siya na may isandaang taon na? At manganak pa kaya si Sara na may siyamnapung taon na?’” Sa madaling salita, masyado nang matanda ang mag-asawang ito para magkaanak. At ano ang ginawa ni Abraham matapos ipahayag ng Diyos ang Kanyang pangako sa kanya? Tawang-tawang nagpatirapa si Abraham at sinabi niya sa kanyang sarili, “Magkakaanak kaya siya na may isandaang taon na?” Naniwala si Abraham na ito ay imposible—nangangahulugang naniwala siyang ang pangako ng Diyos sa kanya ay isang biro lamang. Mula sa pananaw ng tao, ito ay hindi magagawa ng tao, at gayundin, hindi ito magagawa ng Diyos at imposible para sa Diyos. Marahil, kay Abraham, ito ay katawa-tawa: “Nilikha ng Diyos ang tao, ngunit hindi Niya alam na ang isang taong sobrang tanda na ay wala nang kakayahang magsilang ng mga anak; iniisip ng Diyos na maaari Niya akong pahintulutang magkaanak, sinabi Niya na bibigyan Niya ako ng isang anak na lalaki—siguradong imposible iyon!” Dahil dito, nagpatirapa si Abraham at tumawa, habang inisip na: “Imposible—Binibiro ako ng Diyos, hindi ito maaaring maging totoo!” Hindi niya sineryoso ang mga salita ng Diyos. Dahil dito, sa paningin ng Diyos, anong uri ng tao si Abraham? (Matuwid.) Saan nakasaad na siya ay isang taong matuwid? Iniisip ninyo na ang lahat ng tinatawag ng Diyos ay matuwid, at perpekto, at mga taong lumalakad kasama ang Diyos. Sumusunod kayo sa doktrina! Dapat ninyong makita nang malinaw na kapag itinatakda ng Diyos ang isang tao, hindi Niya iyon ginagawa nang walang dahilan. Dito, hindi sinabi ng Diyos na matuwid si Abraham. Sa Kanyang puso, ang Diyos ay may mga pamantayan sa pagsukat ng bawat tao. Bagaman hindi sinabi ng Diyos kung anong uri ng tao si Abraham, pagdating sa kanyang pag-uugali, anong uri ng pananampalataya sa Diyos ang mayroon si Abraham? Medyo mahirap ba itong maunawaan? O malaki ba ang kanyang pananampalataya? Hindi, wala siya nito! Ipinakita ng kanyang pagtawa at pag-iisip kung sino siya, kung kaya’t ang inyong paniniwala na matuwid siya ay isang guniguni lamang ng inyong kaisipan, ito ay ang bulag na paggamit ng doktrina, at ito ay isang iresponsableng pagsusuri. Nakita ba ng Diyos ang pagtawa at mga mumunting pagpapahayag ni Abraham? Alam ba Niya ang mga ito? Alam ng Diyos. Ngunit babaguhin ba ng Diyos ang napagpasyahan na Niyang gawin? Hindi! Noong binalak at pinagpasyahan ng Diyos na piliin ang taong ito, tinapos na Niya ito. Ang pag-iisip ng tao o ang kanyang pag-uugali ay hindi makaiimpluwensiya o makahahadlang sa Diyos nang kahit na katiting man lamang; hindi basta babaguhin ng Diyos ang Kanyang plano, at hindi rin Niya babaguhin o sisirain ang Kanyang plano dahil sa pag-uugali ng tao, kahit pa pag-uugali na dala ng kawalan ng kaalaman. Kung gayon, ano ang nasusulat sa Genesis 17:21–22? “Ngunit ang Aking tipan ay pagtitibayin Ko kay Isaac na ianak sa iyo ni Sara, sa nakatak dang araw, sa taong darating. At nang matapos na makipag-usap sa kanya, ay napaitaas ang Diyos mula sa piling ni Abraham.” Hindi man lang nagtuon ng kahit na katiting na pansin ang Diyos sa inisip o sinabi ni

Abraham. At ano ang dahilan ng Kanyang pagwawalang-bahala? Ito ay dahil sa noong panahong iyon, hindi hiningi ng Diyos na ang tao ay magkaroon ng malaking pananampalataya, o magkaroon ng malaking kaalaman tungkol sa Diyos, o, higit pa rito, na maunawaan niya kung ano ang ginawa at sinabi ng Diyos. Dahil dito, hindi Niya hiningi sa tao na unawain nang lubos kung ano ang napagpasyahan Niyang gawin, o ang mga taong napagpasyahan Niyang piliin, o ang mga prinsipyo ng Kanyang mga kilos, dahil ang tayog ng tao ay sadyang kulang. Sa panahong iyon, ang anumang ginawa ni Abraham at kung paano man siya kumilos ay itinuring ng Diyos na normal lamang. Hindi Niya isinumpa, o pinagalitan, bagkus ay sinabi lang Niya na: “Ilaan ni Sara si Isaac sa iyo, sa takdang panahon sa darating na taon.” Sa Diyos, matapos Niyang ihayag ang mga salitang ito, ang bagay na ito ay sunud-sunod nang naging totoo; sa paningin ng Diyos, ang dapat na magawa ng Kanyang plano ay nakamit na. Matapos ang pagkumpleto sa mga pagsasaayos para sa mga ito, ang Diyos ay umalis. Kung ano ang ginagawa o iniisip ng tao, kung ano ang nauunawaan ng tao, ang mga plano ng tao—wala sa mga ito ang may kinalaman sa Diyos. Ang lahat ay nagpapatuloy ayon sa plano ng Diyos, alinsunod sa mga panahon at yugtong itinalaga Niya. Ito ang prinsipyo ng gawain ng Diyos. Ang Diyos ay hindi humahadlang sa kahit anong iniisip o nalalaman ng tao, ngunit hindi rin Niya tinatalikuran ang Kanyang plano, o iniwan ang Kanyang gawain, dahil lamang sa hindi naniniwala o nakauunawa ang tao. Sa gayon, ang mga katunayan ay naisasagawa nang ayon sa plano at pag-iisip ng Diyos. Ito mismo ang nakikita natin sa Bibliya: Ang Diyos ang dahilan kung bakit ipinanganak si Isaac sa panahong itinakda Niya. Ang mga katunayan ba ay nagpapatunay na humahadlang sa gawain ng Diyos ang asal at pag-uugali ng tao? Hindi humadlang ang mga ito sa gawain ng Diyos! Ang maliit na pananampalataya ba ng tao sa Diyos, at ang kanyang mga kurukuro at imahinasyon tungkol sa Diyos ay nakaapekto sa gawain ng Diyos? Hindi, walang naging epekto ang mga ito! Wala kahit maliit man lamang! Hindi naaapektuhan ng sinumang tao, o anumang bagay, o kapaligiran ang plano ng pamamahala ng Diyos. Ang lahat ng Kanyang pinagpapasyahang gawin ay makukumpleto at matatapos sa itinakda Niyang oras at nang naaayon sa Kanyang plano, at ang Kanyang gawain ay hindi maaaring hadlangan ng sinumang tao. Binabalewala ng Diyos ang ilang aspeto ng kahangalan at kamangmangan ng tao, at maging ang ilang aspeto ng paglaban at kurukuro ng tao tungkol sa Kanya, at ginagawa Niya ang gawaing dapat Niyang gawin anuman ang nangyayari. Ito ang disposisyon ng Diyos, at ito ay nagpapakita ng Kanyang walang hanggang kapangyarihan.

2. Inialay ni Abraham si Isaac

Genesis 22:2–3 At Kanyang sinabi, “Kunin mo ngayon ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak na si Isaac, na iyong minamahal at pumaroon ka sa lupain ng Moria; at ihain mo siya roong handog na susunugin sa ibabaw ng isa sa mga bundok na Aking sasabihin sa iyo.” At si Abraham ay bumangon nang maaga, at inihanda ang kanyang asno, at isinama ang dalawa sa

kanyang mga alila, at si Isaac na kanyang anak: at nagsibak ng kahoy para sa haing susunugin, at bumangon at pumaroon sa dakong sinabi sa kanya ng Diyos.

Genesis 22:9–10 At sila'y dumating sa dakong sa kanya'y sinabi ng Diyos; at nagtayo si Abraham doon ng isang dambana, at inayos ang kahoy, at tinalian si Isaac na kanyang anak at inilagay sa ibabaw ng dambana, sa ibabaw ng kahoy. At iniunat ni Abraham ang kanyang kamay at hinawakan ang sundang upang patayin ang kanyang anak.

Ang Gawain ng Pamamahala ng Diyos at Pagliligtas sa Sangkatauhan ay Nagsisimula sa Pagsasakripisyo ni Abraham kay Isaac

Dahil nabigyan ng isang anak na lalaki si Abraham, ang mga salitang sinabi ng Diyos kay Abraham ay natupad. Hindi ito nangangahulugan na tumigil dito ang plano ng Diyos; bagkus, ang kahanga-hangang plano ng Diyos para sa pamamahala at kaligtasan ng sangkatauhan ay nagsimula pa lamang, at ang Kanyang pagpapala kay Abraham ng isang anak na lalaki ay isa ngang pagpapakilala sa Kanyang pangkalahatang plano ng pamamahala. Sa sandaling iyon, sino ang nakaalam na ang pakikipaglabanan ng Diyos kay Satanas ay tahimik na nagsimula nang inialay ni Abraham si Isaac?

Walang Pakialam ang Diyos Kung Hangal man ang Tao—Hinihingi Lang Niyang Maging Totoo ang Tao

Susunod, ating tingnan kung ano ang ginawa ng Diyos kay Abraham. Sa Genesis 22:2, ibinigay ng Diyos ang sumusunod na kautusan kay Abraham: “Kunin mo ngayon ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak na si Isaac, na iyong minamahal at pumaroon ka sa lupain ng Moria; at ihain mo siya roong handog na susunugin sa ibabaw ng isa sa mga bundok na Aking sasabihin sa iyo.” Ang pakahulugan ng Diyos ay malinaw: Sinasabi Niya kay Abraham na ialay ang kanyang bugtong na anak na si Isaac, na kanyang minamahal, bilang handog na susunugin. Kung titingnan ito ngayon, magkasalungat pa rin ba ang mga kuru-kuro ng tao sa utos ng Diyos? Oo! Lahat ng ginawa ng Diyos sa panahong iyon ay lubhang salungat sa mga kuru-kuro ng tao at hindi kayang unawain ng tao. Sa kanilang mga kuru-kuro, ang mga tao ay naniniwala sa mga sumusunod: Nang ang isang tao ay hindi naniwala, at inisip na ito ay imposible, binigyan siya ng Diyos ng isang anak na lalaki, at matapos niyang makamit ang isang anak na lalaki, inutusan siya ng Diyos na ialay ang kanyang anak—hindi kapani-paniwala! Ano talaga ang binalak gawin ng Diyos? Ano ang tunay na layunin ng Diyos? Walang pasubali Niyang binigyan ng anak na lalaki si Abraham, ngunit inutusan din Niya si Abraham na mag-alay nang walang pasubali. Ito ba ay kalabisan? Sa punto ng isang ikatlong partido, hindi lamang ito kalabisan ngunit tila isang kaso ng “paggawa ng problema nang walang dahilan.” Ngunit si Abraham mismo ay hindi naniwala na masyadong malaki ang hinihingi ng Diyos. Bagama’t may ilan siyang sariling opinyon tungkol dito, at bahagyang pinaghinalaan ang Diyos, handa pa rin siyang gawin ang pag-alay. Sa puntong ito, ano ang nakikita mong patunay na handa nga si Abraham

na ialay ang kanyang anak? Ano ang sinasabi sa mga pangungusap na ito? Ang orihinal na teksto ay nagbibigay ng sumusunod na mga pahayag: “At si Abraham ay bumangon nang maaga, at inihanda ang kanyang asno, at isinama ang dalawa sa kanyang mga alila, at si Isaac na kanyang anak: at nagsibak ng kahoy para sa haing susunugin, at bumangon at pumaroon sa dakong sinabi sa kanya ng Diyos” (Genesis 22:3). “At sila’y dumating sa dakong sa kanya’y sinabi ng Diyos; at nagtayo si Abraham doon ng isang dambana, at inayos ang kahoy, at tinalian si Isaac na kanyang anak at inilagay sa ibabaw ng dambana, sa ibabaw ng kahoy. At iniunat ni Abraham ang kanyang kamay at hinawakan ang sundang upang patayin ang kanyang anak” (Genesis 22:9–10). Nang iniunat ni Abraham ang kanyang kamay at hinawakan ang sundang upang patayin ang kanyang anak, nakita ba ng Diyos ang kanyang mga pagkilos? Oo, nakita Niya. Ang buong proseso—mula sa simula, nang hingin ng Diyos kay Abraham na ialay si Isaac, hanggang sa aktwal na pagtaas ni Abraham ng kanyang sundang upang patayin ang kanyang anak—ay nagpakita sa Diyos ng puso ni Abraham, at anuman ang kanyang dating kahangalan, kamangmangan, at hindi pagkakaunawa sa Diyos, noong sandaling iyon, ang puso ni Abraham para sa Diyos ay totoo, at tapat, at tunay ngang ibabalik niya si Isaac, ang anak na ibinigay sa kanya ng Diyos, pabalik sa Diyos. Sa kanya, nakita ng Diyos ang pagsunod, ang mismong pagsunod na nais Niya.

Sa tao, marami ang ginagawa ng Diyos na hindi kayang unawain at ni hindi kapani-paniwala. Kapag nais ng Diyos na pangasiwaan ang isang tao, ang pangangasiwang ito ay madalas na salungat sa mga kuru-kuro ng tao at hindi niya kayang unawain ito, gayon pa man ang mismong di-pagkakatatugma at pagiging hindi maunawaan nito ang mga pagsubok at hamon ng Diyos sa tao. Samantala, si Abraham ay nagpakita ng pagsunod sa Diyos sa sarili niya mismo, na pinaka-pangunahing kondisyon ng kanyang kakayahang tugunan ang hinihingi ng Diyos. Nang nagawang sundin ni Abraham ang hinihingi ng Diyos, nang kanyang ialay si Isaac, saka lamang tunay na naramdaman ng Diyos ang pagkakaroon ng katiyakan at pagsang-ayon sa sangkatauhan—kay Abraham, na Kanyang hinirang. Saka lamang nakasiguro ang Diyos na ang taong ito na Kanyang hinirang ay isang kailangang-kailangang pinuno na maaaring magsagawa ng Kanyang pangako at ng Kanyang susunod na plano ng pamamahala. Kahit na ito ay isang pagsubok at pagsusulit lamang, nasiyahan ang Diyos, naramdaman Niya ang pagmamahal ng tao sa Kanya, at nadama Niya ang kalinga ng tao na hindi Niya dating nadama. Noong sandaling itinaas ni Abraham ang kanyang panaksak upang patayin si Isaac, pinigilan ba siya ng Diyos? Hindi hinayaan ng Diyos na ialay ni Abraham si Isaac, dahil walang intensyon ang Diyos na bawiin ang buhay ni Isaac. Kaya pinigilan ng Diyos si Abraham sa tamang oras. Para sa Diyos, nakapasa na sa pagsubok ang pagkamasunurin ni Abraham, sapat na ang kanyang ginawa, at nakita na ng Diyos ang kinalabasan ng Kanyang binalak gawin. Kasiya-siya ba ang kinalabasang ito para sa Diyos? Maaaring sabihin na ang kinalabasan na ito ay kasiya-siya sa Diyos, na ito ang

nais ng Diyos, at ito ang inasam Niyang makita. Ito ba ay totoo? Kahit na ginagamit ng Diyos ang iba't ibang paraan ng pagsubok sa bawat tao sa iba't ibang konteksto, nakita ng Diyos kay Abraham ang nais Niya, nakita Niyang totoo ang puso ni Abraham at walang pasubali ang kanyang pagsunod. Ito mismong pagiging “walang pasubali” na ito ang ninais ng Diyos. Madalas sabihin ng mga tao na, “Inialay ko na ito, tinalikuran ko na iyan—bakit hindi pa rin nasisiyahan ang Diyos sa akin? Bakit Niya ako laging isinasailalim sa mga pagsubok? Bakit Niya ako parating sinusubukan?” Ito ay nagpapakita ng isang katunayan: Hindi pa nakikita ng Diyos ang iyong puso, at hindi pa Niya nakakamit ang iyong puso. Ang ipinahihiwatig nito ay hindi pa Niya nakikita ang katapatan na gaya ng ipinamalas ni Abraham nang nagawa niyang itaas ang panaksak upang patayin ang kanyang anak sa pamamagitan ng sarili niyang mga kamay at ialay ito sa Diyos. Hindi pa Niya nakikita ang iyong walang pasubaling pagsunod, at hindi pa Siya nakaramdam ng kalinga sa iyo. Samakatuwid, natural lamang na patuloy kang sinusubok ng Diyos. Hindi ba ito totoo? Dito natin tapusin ang paksang ito. Susunod, babasahin natin ang “Pangako ng Diyos kay Abraham.”

3. Ang Pangako ng Diyos kay Abraham

Genesis 22:16–18 Sa Aking sarili ay sumumpa Ako, sabi ni Jehova, sapagkat ginawa mo ito, at hindi mo itinanggi sa Akin ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak: Na sa pagpapala ay pagpapalain kita, at sa pagpaparami ay pararamihin Ko ang iyong binhi, na gaya ng mga bituin sa langit, at gaya ng mga buhangin sa baybayin ng dagat; at kakamtin ng iyong binhi ang pintuang-bayan ng kanyang mga kaaway; At pagpapalain sa iyong binhi ang lahat ng bansa sa lupa; sapagkat sinunod mo ang Aking tinig.

Ito ay isang walang bawas na pahayag ng pagpapala ng Diyos kay Abraham. Kahit maikli, ang nilalaman nito ay sagana: Kabilang dito ang dahilan, at pinagbabatayan, ng regalo ng Diyos kay Abraham, at kung ano ang ibinigay Niya kay Abraham. Punong-puno din ito ng kagalakan at kasiyahan kung saan binigkas ng Diyos ang mga salitang ito, pati na rin ang apurahang pananabik Niya na makamit ang mga taong magagawang makinig sa Kanyang mga salita. Dito, nakikita natin ang pagpapahalaga ng Diyos, at pagkalinga tungo sa mga sumusunod sa Kanyang mga salita at sumusunod sa Kanyang mga utos. Gayundin naman, nakikita natin ang halaga na Kanyang binabayaran upang makuha ang mga tao, at ang kalinga at pagtuon na Kanyang ibinigay upang makamit sila. Bukod dito, ang sipi, na naglalaman ng mga salitang “Sa Aking sarili ay sumumpa Ako,” ang nagbibigay sa atin ng matinding pakiramdam ng kapaitan at pasakit na pinasan ng Diyos at tanging ng Diyos lamang, sa likod ng gawain ng Kanyang plano ng pamamahala. Ito ay isang nakakapukaw-isipang sipi, at isang may natatanging kabuluhan, at nagkaroon ng napakalalim na epekto para sa mga taong dumating pagkatapos noon.

Nakakamit ng Tao ang mga Pagpapala ng Diyos Dahil sa Kanyang Sinseridad at Pagkamasunurin

Malaki ba ang pagpapalang ibinigay ng Diyos kay Abraham sa ating nabasa rito? Gaano ito kalaki? Mayroong isang napakahalagang pangungusap dito: “At pagpapalain sa iyong binhi ang lahat ng bansa sa lupa.” Ang pangungusap na ito ay nagpapakita na tinanggap ni Abraham ang mga pagpapala na hindi ibinigay sa sinumang dumating bago o matapos ang pagdating niya. Gaya ng hiningi ng Diyos, nang ibinalik ni Abraham ang kanyang nag-iisang anak na lalaki—ang kanyang pinakamamahal at kaisa-isang anak na lalaki—sa Diyos (hindi natin maaaring gamitin dito ang salitang “inalay”; dapat nating sabihing ibinalik niya ang kanyang anak sa Diyos), hindi lamang hindi pinahintulutan ng Diyos na ialay ni Abraham si Isaac, kundi binasbasan din Niya siya. Anong pangako ang Kanyang naging pagpapala kay Abraham? Ito ay ang pangakong pararamihin ang kanyang lahi. At gaano karami sila pararamihin? Ibinibigay ng Kasulatan ang sumusunod na tala: “gaya ng mga bituin sa langit, at gaya ng mga buhangin sa baybayin ng dagat; at kakamtin ng iyong binhi ang pintuang-bayan ng kanyang mga kaaway; At pagpapalain sa iyong binhi ang lahat ng bansa sa lupa.” Ano ang konteksto kung saan binigkas ng Diyos ang mga salitang ito? Ibig sabihin, paano tinanggap ni Abraham ang pagpapala ng Diyos? Tinanggap niya ito tulad ng sinasabi ng Diyos sa Kasulatan: “sapagkat sinunod mo ang Aking tinig.” Iyan nga, dahil sumunod si Abraham sa utos ng Diyos, dahil nagawa niya ang lahat ng sinabi, hiningi at iniutos ng Diyos nang wala ni katiting na pagdaing, kung kaya’t gumawa ng ganitong pangako ang Diyos sa kanya. May isang mahalagang pangungusap sa pangakong ito na tumuon sa kaisipan ng Diyos sa pagkakataong iyon. Nakita ba ninyo ito? Maaaring hindi ninyo gaanong binigyang pansin ang mga salita ng Diyos na “Sa Aking sarili ay sumumpa Ako.” Ibig nilang sabihin, nang bigkasin ng Diyos ang mga salitang ito, ay nanunumpa Siya sa Kanyang sarili. Sa ano nangangako ang mga tao kapag nanunumpa sila? Sumusumpa sila sa Langit, na ang ibig sabihin ay nangangako at sumusumpa sila sa ngalan ng Diyos. Maaaring walang gaanong pagkaunawa ang mga tao sa kababalaghan kung saan nanumpa ang Diyos sa Kanyang sarili, ngunit mauunawaan ninyo ito kapag naibigay Ko sa inyo ang tamang paliwanag. Kapag kaharap ang isang tao na maririnig lamang ang Kanyang mga salita ngunit hindi naman nauunawaan ang Kanyang puso, nadarama muli ng Diyos ang kalungkutan at kawalan. Sa kawalan ng pag-asa—at, maaaring sabihin, na hindi namamalayan—ginawa ng Diyos ang isang napakalikas na bagay: Inilagay ng Diyos ang Kanyang kamay sa Kanyang puso at kinausap ang Kanyang sarili nang ibinigay Niya ang pangakong ito kay Abraham, at mula rito narinig ng tao ang sinabi ng Diyos “Sa Aking sarili ay sumumpa Ako.” Sa pamamagitan ng mga pagkilos ng Diyos, maaari mong isipin ang iyong sarili. Kapag inilagay mo ang iyong kamay sa iyong puso at nakipag-usap ka sa iyong sarili, malinaw ba sa iyo ang iyong sinasabi? Taos-puso ba ang iyong saloobin? Ikaw ba ay nagsasalita nang matapat, nang buong puso? Kaya,

nakikita natin dito na nang nagsalita ang Diyos kay Abraham, Siya ay maalab at taos-puso. Kasabay ng pagsasalita at pagpapala kay Abraham, nangungusap din ang Diyos sa Kanyang sarili. Sinasabi Niya sa Kanyang sarili: Pagpapalain Ko si Abraham, at gagawing kasing dami ng mga bituin sa langit ang kanyang mga supling, at kasing sagana ng buhangin sa baybayin ng dagat, sapagkat dininig niya ang Aking mga salita at siya ang Aking hinirang. Nang sabihin ng Diyos “Sa Aking sarili ay sumumpa Ako,” pinagpasyahan ng Diyos na magmumula kay Abraham ang Kanyang lahing hinirang na Israel, pagkatapos ay pangungunahan Niya ang mga taong ito ayon sa bilis ng Kanyang gawain. Iyan nga, gagawin ng Diyos ang lipi ni Abraham na taga-dala ng gawain ng pamamahala ng Diyos, at ang gawain ng Diyos at ang ipinahayag ng Diyos ay magsisimula kay Abraham, at magpapatuloy sa lipi ni Abraham, kaya’t maisasakatuparan ang hangarin ng Diyos na iligtas ang tao. Anong masasabi ninyo, hindi ba ito isang pagpapala? Para sa tao, wala nang hihigit pang pagpapala kaysa rito. Maaaring sabihin na ito ay ang pinaka-pinagpalang bagay. Ang pagpapalang nakamit ni Abraham ay hindi ang pagpaparami ng kanyang supling, kundi ang tagumpay ng Diyos sa Kanyang pamamahala, ang Kanyang atas, at ang Kanyang gawain sa lipi ni Abraham. Ibig ipakahulugan ng mga ito na ang mga pagpapalang nakamit ni Abraham ay hindi pansamantala, ngunit patuloy na sumulong ayon sa plano ng pamamahala ng Diyos. Nang magsalita ang Diyos, nang mangako ang Diyos sa Kanyang sarili, nakapagpasya na Siya. Totoo ba ang proseso ng pagpapasyang ito? Tunay ba ito? Napagpasyahan ng Diyos, na mula sa panahong iyon, ang Kanyang mga pagsisikap, ang halaga na Kanyang ibinayad, kung ano ang mayroon Siya at kung ano Siya, ang lahat sa Kanya, at maging ang Kanyang buhay, ay ibibigay kay Abraham at sa lipi ni Abraham. Maging iyon ay napagpasyahan ng Diyos, na magmula sa grupong ito ng mga tao, ipapamalas Niya ang Kanyang mga gawa at papayagan ang taong makita ang Kanyang karunungan, awtoridad, at kapangyarihan.

Ang Pagkamit sa mga Nakakikilala sa Diyos at mga may Kakayahang Magpatotoo sa Kanya ay ang Di-magbabagong Hangarin ng Diyos

Kasabay ng pakikipag-usap sa Kanyang sarili, nakipag-usap din ang Diyos kay Abraham, ngunit maliban sa pagkarinig sa mga pagpapala na ibinigay ng Diyos sa kanya, naunawaan ba ni Abraham ang tunay na mga hangarin ng Diyos sa lahat ng Kanyang mga salita sa sandaling iyon? Hindi! Kung kaya’t sa sandaling iyon, nang nangako ang Diyos sa Kanyang sarili, malungkot at nagdadalamhati pa rin ang Kanyang puso. Wala pa rin kahit isang tao na nakaunawa o nakaintindi ng Kanyang balak at plano. Sa sandaling iyon, walang sinuman—kabilang si Abraham—ang buo ang loob na makipag-usap sa Kanya, at lalong walang sinuman ang kayang makipagtulungan sa Kanya sa paggawa ng mga dapat Niyang gawin. Sa panlabas, nakamit ng Diyos si Abraham, isang tao na kayang sundin ang Kanyang mga salita. Ngunit sa katunayan, ang kaalaman ng taong ito sa Diyos ay halos salat na salat. Kahit na pinagpala ng Diyos si Abraham, ang puso ng

Diyos ay hindi pa rin nasiyahan. Ano ang ibig sabihin ng ang Diyos ay hindi nasiyahan? Ito ay nangangahulugan na ang Kanyang pamamahala ay kasisimula pa lamang, ito ay nangangahulugan na ang mga taong nais Niyang makamit, ang mga taong inasam Niyang makita, ang mga taong minahal Niya, ay malayo pa rin sa Kanya; kailangan Niya ng oras, kailangan Niyang maghintay, at kailangan Niyang maging matiyaga. Dahil sa panahong iyon, bukod sa Diyos Mismo, wala ni isa ang nakakaalam ng mga pangangailangan Niya, o ng mga nais Niyang makamit, o ng Kanyang pinananabikan. Kaya kasabay ng naramdaman na matinding kasiyahan, nakaramdam din ng kabigatan ng puso ang Diyos. Ngunit hindi Niya pinigilan ang Kanyang mga hakbang, at nagpatuloy na magplano ng susunod na hakbang na dapat Niyang gawin.

Ano ang nakikita ninyo sa pangako ng Diyos kay Abraham? Nagbigay ng maraming biyaya ang Diyos kay Abraham dahil lamang nakinig si Abraham sa mga salita ng Diyos. Bagama't sa tingin, tila normal ito at tunay na inaasahan, dito ay nakikita natin ang puso ng Diyos: Lubos na pinahalagahan ng Diyos ang pagkamasunurin ng tao sa Kanya, at itinatangi ang pag-unawa ng tao sa Kanya at ang sinseridad nito sa Kanya. Gaano itinatangi ng Diyos ang sinseridad na ito? Maaaring hindi ninyo maunawaan kung gaano Niya ito itinatangi, at maaaring wala ni isa ang nakakaunawa nito. Ibinigay ng Diyos ang isang anak na lalaki kay Abraham, at nang lumaki ang batang ito, hiningi ng Diyos kay Abraham na ialay ang kanyang anak sa Diyos. Tumpak na sinunod ni Abraham ang utos ng Diyos, sinunod niya ang salita ng Diyos, at ang kanyang sinseridad ay nakaantig sa damdamin ng Diyos at pinahalagahan ng Diyos. Gaano ito pinahalagahan ng Diyos? At bakit Niya ito pinahalagahan? Sa panahong walang nakaunawa sa mga salita ng Diyos o nakaintindi sa Kanyang puso, may ginawa si Abraham na nagpayanig sa kalangitan at nagpanginig sa kalupaan, at nagbigay ito ng hindi matatawarang kasiyahan sa Diyos, at nagbigay sa Diyos ng kagalakan sa pagkamit ng isang tao na kayang sundin ang Kanyang mga salita. Ang kasiyahan at kagalakan na ito ay nagmula sa isang nilalang na gawa ng sariling kamay ng Diyos, at ang unang “sakripisyo” na inialay ng tao sa Diyos at pinaka-pinahalagahan ng Diyos, magmula nang likhain ang tao. Nahirapan ang Diyos na hintayin ang sakripisyong ito, at trinato Niya ito bilang unang pinakamahalagang regalo na mula sa tao, na Kanyang nilikha. Ipinakita nito sa Diyos ang unang bunga ng Kanyang mga pagsusumikap at ang halaga na Kanyang binayaran, at dahil dito ay nagkaroon Siya ng pag-asa sa sangkatauhan. Pagkatapos, nagkaroon ang Diyos ng higit pang pananabik para sa isang grupo ng ganitong uri ng tao upang samahan Siya, tratuhin Siya nang may sinseridad, at bigyan Siya ng kalinga nang may sinseridad. Umasa pa ang Diyos na patuloy na mabubuhay si Abraham, dahil ninais Niyang samahan Siya ng pusong tulad ng kay Abraham sa pagpapatuloy Niya sa Kanyang pamamahala. Anuman ang nais ng Diyos, isa lamang itong hangarin, isa lamang ideya—dahil si Abraham ay tao lamang na nagawa Siyang sundin, at wala ni kakaunting pagkaunawa o kaalaman tungkol sa Diyos. Si Abraham ay isang taong masyadong malayo ang agwat sa mga sumusunod na pamantayan ng mga hinihingi ng Diyos

sa tao: pagkilala sa Diyos, kakayahang magpatotoo tungkol sa Diyos, at pakikiisa sa isipan ng Diyos. Dahil dito, hindi maaaring lumakad si Abraham kasama ng Diyos. Sa paghahandog ni Abraham kay Isaac, nakita ng Diyos ang sinseridad at pagkamasunurin ni Abraham, at nakita Niyang napagtagumpayan ni Abraham ang pagsubok ng Diyos sa kanya. Kahit pa tinanggap ng Diyos ang kanyang sinseridad at pagkamasunurin, hindi pa rin siya karapat-dapat na pagkatiwalaan ng Diyos, at maging isang taong nakakikilala at nakauunawa sa Diyos, at mayroong kaalaman tungkol sa disposisyon ng Diyos; malayo siya sa pagiging kaisa sa isipan ng Diyos at sa paggawa ng Kanyang kalooban. Dahil dito, sa Kanyang puso, ang Diyos ay malungkot at nababahala pa rin. Nang maging mas malungkot at nababahala ang Diyos, mas kinailangan Niyang ipagpatuloy ang Kanyang pamamahala sa lalong madaling panahon, at makapili at magkamit ng isang grupo ng mga tao na magsasakatuparan ng Kanyang plano ng pamamahala at tutupad sa Kanyang kalooban sa lalong madaling panahon. Ito ang maalab na pagnanais ng Diyos, at nanatili itong hindi nagbabago mula sa pinakasimula hanggang ngayon. Magmula pa nang likhain Niya ang tao sa simula, nananabik na ang Diyos sa isang grupo ng mga mananagumpay, isang grupo na lalakad na kasabay Niya, at nauunawaan, nalalaman, at naiintindihan ang Kanyang disposisyon. Ang pagnanais na ito ng Diyos ay hindi kailanman nagbago. Gaano man katagal ang kailangan Niyang hintayin, gaano man kahirap ang daan sa hinaharap, at gaano man kalayo ang mga layon na Kanyang kinasasabikan, hindi kailanman binago o isinuko ng Diyos ang Kanyang mga inaasahan sa tao. Ngayong nasabi Ko na ito, may naunawaan ba kayo tungkol sa hangarin ng Diyos? Marahil ay hindi masyadong malalim ang inyong naunawaan—ngunit unti-unti itong darating!

Noong kapanahunan din ni Abraham, winasak ng Diyos ang isang lungsod. Ang lungsod na ito ay tinawag na Sodoma. Walang duda, maraming tao ang pamilyar sa kuwento ng Sodoma, ngunit walang nakakaalam sa mga kaisipan ng Diyos tungkol sa dahilan ng Kanyang pagwasak ng lungsod.

Kaya ngayon, sa pakikipag-usap ng Diyos kay Abraham na nasa ibaba, matututuhan natin ang Kanyang mga kaisipan sa panahong iyon, habang natututuhan din natin ang Kanyang disposisyon. Susunod, basahin natin ang sumusunod na mga sipi ng kasulatan.

B. Dapat Wasakin ng Diyos ang Sodoma

Genesis 18:26 At sinabi ni Jehova, “Kung makasumpong Ako sa Sodoma ng limampung banal sa loob ng bayan, patatawarin Ko ang buong dakong yaon, alang-alang sa kanila.”

Genesis 18:29 At siya’y muling nagsalita pa sa Kanya, at nagsabi, “Marahil ay may masusumpungang apatnapu.” At sinabi Niya, “hindi Ko gagawin.”

Genesis 18:30 At sinabi niya sa Kanya, “kung sakaling may masusumpungan doong tatlumpu.” At sinabi Niya, “hindi Ko gagawin.”

Genesis 18:31 At kanyang sinabi, “kung sakaling may masusumpungan doong dalawampu.” At sinabi Niya, “hindi Ko lilipulin.”

Genesis 18:32 At sinabi niya, “kung sakaling may masusumpungan doong sampu.” At sinabi Niya, “hindi Ko lilipulin.”

Ito ang ilang mga siping napili Ko mula sa Bibliya. Hindi ito ang kumpleto at orihinal na mga bersyon. Kung nais ninyong makita ang mga iyon, maaari ninyo mismong tingnan sa Bibliya. Upang makatipid sa oras, inalis Ko ang orihinal na bahagi ng nilalaman. Pinili Ko lamang dito ang ilang pangunahing sipi at pangungusap, at iniwan ang ilang pangungusap na walang kinalaman sa ating pagbabahagi ngayon. Sa lahat ng sipi at nilalaman na ating ibinabahagi, hindi natin pagtutuunan ng pansin ang mga detalye ng mga kuwento at asal ng tao sa mga kuwento. Sa halip, pag-uusapan lang natin ang mga kaisipan at ideya ng Diyos sa panahong iyon. Sa mga kaisipan at ideya ng Diyos, makikita natin ang disposisyon ng Diyos, at mula sa lahat ng ginawa ng Diyos, makikita natin ang tunay na Diyos Mismo—at makakamtan natin mula rito ang ating layon.

Pinagtutuunan Lamang ng Pansin ng Diyos ang mga Nakakasunod sa Kanyang mga Salita at Sumusunod sa Kanyang mga Utos

Naglalaman ng ilang pangunahing salita ang mga sipi sa itaas: mga numero. Una, sinabi ni Jehova na kung may matagpuan Siyang limampung matuwid sa lungsod, patatawarin Niya kung gayon ang buong lugar, na nangangahulugang hindi Niya wawasakin ang lungsod. Mayroon nga ba talagang limampung matuwid sa Sodoma? Wala. Pagkatapos na pagkatapos, ano ang sinabi ni Abraham sa Diyos? Sinabi niya, marahil ay may makikitang apatnapu? At sinabi ng Diyos, hindi Ko ito gagawin. Pagkatapos, sinabi ni Abraham, marahil ay may makikitang tatlumpu roon? At sinabi ng Diyos, hindi Ko ito gagawin. At marahil dalawampu? Hindi Ko ito gagawin. Sampu? Hindi Ko ito gagawin. Mayroon nga ba talagang sampung matuwid sa lungsod? Walang sampu—ngunit mayroong isa. At sino ang isang ito? Ito ay si Lot. Sa panahong iyon, may iisa lamang na taong matuwid sa Sodoma, ngunit masyado bang mahigpit o mapagwasto ang Diyos pagdating sa bilang na ito? Hindi, hindi Siya ganoon! At nang paulit-ulit na nagtatanong ang tao, “Paano kung apatnapu?” “Paano kung tatlumpu?” hanggang sa napunta siya sa “Paano kung sampu?” Sinabi ng Diyos, “Kahit na may sampu lamang, hindi Ko wawasakin ang lungsod; patatawarin Ko iyon at papatawarin ang ibang tao bukod sa sampung ito.” Kung mayroon lamang sampu, kaawa-awa talaga iyon, ngunit sa totoo, wala man lang ganoon karaming matuwid na tao sa Sodoma. Kung gayon, nakikita mo na sa mga mata ng Diyos na ang kasalanan at kasamaan ng mga tao sa lungsod ay ganoon na lamang na wala nang iba pang magagawa ang Diyos kundi ang wasakin sila. Ano ang ibig sabihin ng Diyos nang sabihin Niyang hindi Niya wawasakin ang lungsod kung may limampung matuwid? Ang mga numerong ito ay hindi mahalaga sa Diyos. Ang mahalaga ay kung naglalaman o hindi ang lungsod ng matuwid na nais Niya. Kung may isa lang na matuwid na tao sa lungsod, hindi hahayaan ng Diyos na mapahamak siya sa pagwasak Niya sa lungsod. Ibig sabihin nito, wasakin

man o hindi ng Diyos ang lungsod, at gaano man karami ang matuwid doon, para sa Diyos ang makasalanang lungsod na ito ay napakasama at kasuklam-suklam, at dapat lang na wasakin, dapat maglaho mula sa mga mata ng Diyos, habang ang matuwid ay dapat na manatili. Anuman ang kapanahunan, anuman ang yugto ng pag-unlad ng sangkatauhan, ang saloobin ng Diyos ay hindi nagbabago: Kinamumuhian Niya ang kasamaan, at nagmamalasakit sa mga matuwid sa Kanyang mga mata. Itong malinaw na saloobin ng Diyos ay tunay rin na pahayag ng diwa ng Diyos. Dahil iisa lamang ang matuwid na tao sa loob ng lungsod, hindi na nag-atubili pa ang Diyos. Ang katapusang resulta ay ang hindi maiiwasang pagkawasak ng Sodoma. Ano ang nakikita ninyo rito? Sa kapanahunang iyon, hindi wawasakin ng Diyos ang isang lungsod kung mayroong limampung matuwid sa loob nito, at hindi rin kung may sampu, na nangangahulugan na ang Diyos ay magpapasya na magpatawad at magiging mapagparaya sa sangkatauhan, o gagawin ang gawain ng pagpatnubay, dahil sa iilang tao na kaya Siyang igalang at sambahin. May malaking tiwala ang Diyos sa matutuwid na gawa ng tao, may malaki Siyang tiwala sa mga sumasamba sa Kanya, at may malaki Siyang tiwala sa mga nakagagawa ng mabubuting gawa sa Kanyang harapan.

Mula sa sinaunang panahon hanggang ngayon, nabasa na ba ninyo sa Bibliya ang Diyos na nagpapahayag ng katotohanan, o nagsasalita tungkol sa daan ng Diyos, sa sinumang tao? Hindi, hindi kailanman. Ang mga salita ng Diyos sa tao na nababasa natin ay nagsasabi lamang sa mga tao kung ano ang kanilang gagawin. Ang ilan ay pumunta at ginawa ito, ang ilan ay hindi; ang ilan ay naniwala, at ang ilan ay hindi. Iyan lamang ang naroon. Kaya ang matuwid noong kapanahunang iyon—ang matuwid sa mga mata ng Diyos—ay iyon lamang mga makakarinig sa mga salita ng Diyos at makakasunod sa mga utos ng Diyos. Sila ang mga lingkod na nagpatupad ng mga salita ng Diyos sa tao. Matatawag ba ang mga taong ito na nakakakilala sa Diyos? Matatawag ba silang mga taong ginawang perpekto ng Diyos? Hindi. Samakatuwid, anuman ang kanilang bilang, sa mga mata ng Diyos, karapat-dapat bang tawagin ang matutuwid na taong ito bilang mga pinagkakatiwalaan ng Diyos? Maaari ba silang tawaging mga saksi ng Diyos? Tiyak na hindi! Sila ay tiyak na hindi karapat-dapat tawaging mga pinagkakatiwalaan at saksi ng Diyos. Kung gayon ano ang itinawag ng Diyos sa mga naturang tao? Sa Lumang Tipan ng Bibliya, maraming pagkakataon na tinatawag sila ng Diyos bilang “Aking lingkod.” Na ibig sabihin, sa panahong iyon, sa mga mata ng Diyos, ang matutuwid na taong ito ay mga lingkod ng Diyos, sila ang mga taong naglingkod sa Kanya sa lupa. At paano naisip ng Diyos ang katawagang ito? Bakit Niya sila tinawag nang ganoon? Mayroon bang mga pamantayan ang Diyos sa Kanyang puso sa kung ano ang mga itinatawag Niya sa tao? Tiyak na mayroon. May mga pamantayan ang Diyos, tawagin man Niya ang tao na matuwid, perpekto, tapat, o mga lingkod. Kapag tinawag Niya na Kanyang lingkod ang isang tao, matibay ang Kanyang paniniwala na kayang matanggap ng taong ito ang Kanyang mga sugo, sundin ang Kanyang mga utos, at isagawa ang iniuutos ng mga sugo. At ano ang isinasagawa ng taong ito?

Isinasagawa niya ang mga iniuutos ng Diyos na gawin at isakatuparan ng tao sa mundo. Sa panahong iyon, ang iniuutos ng Diyos na gawin at isakatuparan ng tao sa lupa ay matatawag bang daan ng Diyos? Hindi. Dahil sa panahong iyon, ang hiningi lamang ng Diyos ay ang gumawa ang tao ng ilang simpleng bagay; nagbigkas Siya ng ilang simpleng utos, na nagsasabi sa tao na gawin lamang ito o iyon, at wala nang iba pa. Ang Diyos ay gumawa ayon sa Kanyang plano. Dahil, sa panahong iyon, maraming kondisyon ang hindi pa nangyari, hindi pa hinog ang panahon, at mahirap sa sangkatauhang pasanin ang daan ng Diyos, kung kaya't ang daan ng Diyos ay hindi pa nagsimulang lumabas mula sa puso ng Diyos. Nakita ng Diyos ang mga matuwid na taong sinabi Niya, na nakita natin dito—kahit na tatlumpu o dalawampu—bilang Kanyang mga lingkod. Kapag pinuntahan ng mga sugo ng Diyos ang mga lingkod na ito, magagawa nilang tanggapin sila, at sundin ang kanilang mga utos, at kumilos alinsunod sa kanilang mga salita. Ito mismo ang dapat na ginawa, at natamo, ng mga lingkod sa mga mata ng Diyos. Ang Diyos ay makatarungan sa Kanyang mga katawagan para sa mga tao. Tinawag Niya sila na Kanyang mga lingkod hindi dahil sila ay tulad ninyo ngayon—hindi dahil marami ang kanilang narinig na pangangaral, nakakaalam kung ano ang gagawin ng Diyos, maraming nauunawaan tungkol sa kalooban ng Diyos, at naiintindihan ang Kanyang plano ng pamamahala—subalit dahil sila ay naging tapat sa kanilang pagkatao at nagawa nilang sumunod sa mga salita ng Diyos; nang inutusan sila ng Diyos, isinantabi nila ang kanilang ginagawa at isinakatuparan kung ano ang inutos ng Diyos. Kung kaya't para sa Diyos, ang iba pang aspeto ng kahulugan sa katawagan na lingkod ay ang pakikipagtulungan nila sa Kanyang gawain sa lupa, at kahit na hindi sila mga sugo ng Diyos, sila ang mga tagapagpaganap at tagapagpatupad ng mga salita ng Diyos sa lupa. Makikita ninyo na ang mga lingkod o matutuwid na tao na ito ay may malaking halaga sa puso ng Diyos. Ang gawain na sinimulan ng Diyos sa lupa ay hindi maaaring gawin nang wala ang mga taong tumulong sa Kanya, at ang papel na ginampanan ng mga lingkod ng Diyos ay hindi mapapalitan ng mga sugo ng Diyos. Ang bawat gawain na iniutos ng Diyos sa mga lingkod na ito ay malaki ang kahalagahan sa Kanya, kung kaya't hindi Niya sila kayang mawala. Kung wala ang pakikipagtulungan na ito ng mga lingkod sa Diyos, maaaring mahinto ang Kanyang gawain sa sangkatauhan, at dahil dito, ang plano ng pamamahala ng Diyos at ang mga inaasam ng Diyos ay maaaring mauwi sa wala.

Sagana sa Awa ang Diyos sa Kanyang mga Pinagmamalasakitan, at Malalim ang Poot sa mga Kinamumuhian at Tinatanggihan Niya

Sa mga salaysay sa Bibliya, mayroon bang sampung mga lingkod ng Diyos sa Sodoma? Wala! Karapat-dapat bang kaawaan ng Diyos ang lungsod na ito? Tanging ang isang tao sa lungsod—si Lot—ang tumanggap sa mga sugo ng Diyos. Ang ipinapahiwatig nito ay iisa lamang ang lingkod ng Diyos sa lungsod, at dahil dito, walang ibang pagpipilian ang Diyos kundi ang iligtas si Lot at wasakin ang lungsod ng Sodoma.

Maaaring simple ang pag-uusap sa pagitan ni Abraham at ng Diyos na binanggit sa itaas, ngunit isang bagay na napakalalim ang ipinapakita nito: May mga prinsipyo sa mga pagkilos ng Diyos, at bago gumawa ng isang desisyon, maglalaan Siya ng mahabang oras sa pagmamasid at pagsasaalang-alang sa mga ito; kung hindi pa ito ang tamang oras, siguradong hindi Siya gagawa ng anumang desisyon o agad-agad na magpapasya. Ang mga pag-uusap sa pagitan ni Abraham at ng Diyos ay nagpapakita sa atin na wala ni katiting na kamalian sa desisyon ng Diyos na wasakin ang Sodoma, dahil alam na ng Diyos na walang apatnapung matuwid sa lungsod, kahit pa tatlumpu, o kaya ay dalawampu. Wala ni kahit na sampu. Ang tanging matuwid na tao sa lungsod ay si Lot. Ang lahat ng nangyari sa Sodoma at kalagayan nito ay pinagmasdan ng Diyos, at pamilyar ang mga ito sa Diyos gaya ng likuran ng Kanyang sariling kamay. Dahil dito, ang Kanyang desisyon ay hindi maaaring maging mali. Sa kabilang banda, kung ihahambing sa pagiging makapangyarihan sa lahat ng Diyos, napakamanhid ng tao, sobrang hangal at mangmang, lubos ang kakulangan sa pagpapahalaga sa kinabukasan. Ito ang nakikita natin sa mga pag-uusap sa pagitan ni Abraham at ng Diyos. Inilalabas ng Diyos ang Kanyang disposisyon magmula pa sa simula hanggang sa ngayon. Tulad nito, mayroon ding disposisyon ng Diyos na dapat nating makita. Simple ang mga numero, hindi sila nagpapakita ng kahit ano, ngunit dito ay may napakahalagang pagpapahayag sa disposisyon ng Diyos. Hindi wawasakin ng Diyos ang lungsod dahil sa limampung matuwid. Ito ba ay dahil sa habag ng Diyos? Ito ba ay dahil sa Kanyang pagmamahal at pagpapaubaya? Nakita ba ninyo ang panig na ito ng disposisyon ng Diyos? Kahit na may sampung matuwid lamang, hindi wawasakin ng Diyos ang lungsod dahil sa sampung matuwid na mga taong ito. Ito ba, o hindi ba ito, ang pagpapaubaya at pagmamahal ng Diyos? Dahil sa habag, pagpapaubaya, at pagmamalasakit ng Diyos sa matuwid na mga taong ito, hindi Niya sana wawasakin ang lungsod. Ito ang pagpapaubaya ng Diyos. At sa katapusan, ano ang kalalabasan na makikita natin? Nang sinabi ni Abraham, “Kung sakaling may masusumpungan doong sampu,” sinabi ng Diyos, “Hindi Ko lilipulin.” Pagkatapos noon, wala nang sinabi si Abraham—dahil walang sampung matuwid sa Sodoma na kanyang tinukoy, at wala na siyang masasabi pa, at sa panahong iyon naunawaan niya kung bakit nagpasya ang Diyos na wasakin ang Sodoma. Dito, anong disposisyon ng Diyos ang nakikita ninyo? Anong uri ng paglutas ang ginawa ng Diyos? Nagpasya ang Diyos na kung walang sampung matuwid sa lungsod na ito, hindi Niya pahihintulutan ang pag-iral nito at wawasakin Niya ito. Hindi ba’t ito ang poot ng Diyos? Ang poot bang ito ang kumakatawan sa disposisyon ng Diyos? Ito bang disposisyon na ito ang pagpapahayag ng banal na diwa ng Diyos? Ito ba ang pagpapahayag ng matuwid na diwa ng Diyos, na hindi dapat nilalabag ng tao? Dahil nakumpirma na walang sampung matuwid sa Sodoma, tiniyak ng Diyos na wawasakin Niya ang lungsod, at parurusahan nang matindi ang mga tao sa lungsod na iyon, dahil nilabanan nila ang Diyos at dahil masyado silang marumi at tiwali.

Bakit natin sinuri ang mga talatang ito sa ganitong paraan? Dahil ang ilang simpleng

pangungusap na ito ay nagbibigay ng ganap na pagpapahayag sa disposisyon ng Diyos tungkol sa masaganang habag at malalim na poot. Kasabay ng pagpapahalaga sa matuwid, at pagkakaroon ng habag, pagpapaubaya, at pagmamalasakit sa kanila, may malalim na galit sa puso ng Diyos para sa lahat ng nasa Sodoma na naging tiwali. Ito ba, o hindi ba ito, ang masaganang habag at malalim na poot? Sa paanong paraan winasak ng Diyos ang lungsod? Sa pamamagitan ng apoy. At bakit Niya ito winasak gamit ang apoy? Kapag nakikita mo ang isang bagay na nasusunog ng apoy, o kung magsusunog ka ng isang bagay, ano ang nararamdaman mo ukol dito? Bakit gusto mo itong sunugin? Nadarama mo ba na hindi mo na ito kailangan, na hindi mo na nais pang tingnan ito? Gusto mo bang iwanan ito? Ang paggamit ng Diyos sa apoy ay nangangahulugan ng pag-iiwan, at pagkamuhi, at hindi na Niya nais pang makita ang Sodoma. Ito ang damdaming nagtulak sa Diyos upang tupukin ng apoy ang Sodoma. Ang paggamit ng apoy ay kumakatawan sa kung gaano kagalit ang Diyos. Ang habag at pagpapaubaya ng Diyos ay talagang umiiral, ngunit ang kabanalan at pagiging matuwid ng Diyos kapag pinapakawalan Niya ang Kanyang poot ay nagpapakita rin sa tao ng panig ng Diyos na hindi nagpapahintulot ng paglabag. Kapag kaya na ng tao na sundin nang ganap ang mga utos ng Diyos at kumilos alinsunod sa mga kinakailangan ng Diyos, masagana ang habag ng Diyos sa tao; kapag ang tao ay napuno ng katiwalian, pagkamuhi at pagkapoot sa Kanya, napakatindi ng galit ng Diyos. Hanggang saan ang tindi ng Kanyang galit? Mananatili ang Kanyang poot hanggang hindi na nakikita ng Diyos ang pagsuway at masasamang gawa ng tao, hanggang sa mawala na ang mga ito sa Kanyang paningin. Saka lamang mawawala ang galit ng Diyos. Sa madaling salita, kahit na sino pa ang tao, kung ang kanyang puso ay naging malayo sa Diyos, tumalikod sa Diyos, at hindi kailanman bumalik, paano man niya ninais na ipakita ang kanyang pagsamba at pagsunod at pagtalima sa Diyos sa kanyang katawan at pag-iisip, ang poot ng Diyos ay pakakawalan nang walang humpay. Masasabi na kapag lubos na pinapakawalan ng Diyos ang Kanyang galit, dahil nabigyan na ng sapat na pagkakataon ang tao, sa oras na pakawalan ito, wala nang paraan upang bawiin ito, at hindi na Siya kailanman pa mahahabag at magpapaubaya sa naturang sangkatauhan. Ito ay isang panig ng disposisyon ng Diyos na hindi nagpapahintulot ng anumang paglabag. Dito, tila normal sa mga tao ang pagwasak ng Diyos sa isang lungsod, dahil, sa mga mata ng Diyos, ang lungsod na puno ng kasalanan ay hindi maaaring umiral at patuloy na manatili, at makatwiran lang na dapat itong wasakin ng Diyos. Ngunit sa nangyari bago at kasunod ng Kanyang pagwasak sa Sodoma, nakikita natin ang kabuuan ng disposisyon ng Diyos. Siya ay mapagparaya at maawain sa mga bagay na mabait, at maganda, at mabuti. Sa mga bagay na masama, at makasalanan, at nakasusuklam, malalim ang Kanyang poot, sa paraang hindi Siya tumitigil sa Kanyang pagkapoot. Ito ang dalawang pangunahin at pinakakilalang aspeto ng disposisyon ng Diyos, at, higit pa rito, naibunyag ang mga ito ng Diyos mula simula hanggang katapusan: saganang habag at malalim na poot. Karamihan sa inyo ay nakaranas na ng habag ng Diyos, ngunit napakakaunti sa

inyo ang nagpahalaga sa poot ng Diyos. Ang habag at kagandahang-loob ng Diyos ay makikita sa bawat tao. Ibig sabihin nito, ang Diyos ay nagbigay ng masaganang habag sa bawat tao. Ngunit napaka-bihira—o, masasabing, hindi kailanman—nagalit nang matindi ang Diyos sa sinumang indibidwal o sa anumang pangkat ng mga tao sa gitna ninyo. Huminahon lang! Darating ang panahon na ang poot ng Diyos ay makikita at mararanasan ng bawat tao, ngunit hindi pa ngayon ang panahon. At bakit ganito? Dahil kapag palaging galit ang Diyos sa isang tao, kapag pinakawalan Niya sa kanila ang Kanyang malalim na poot, ibig sabihin nito ay matagal na Niyang kinamuhian at tinanggihan ang taong ito, na kinamumuhian Niya ang kanyang pag-iral, at hindi na Niya matatagalan ang kanyang pag-iral; sa sandaling dumating ang Kanyang galit sa kanya, siya ay maglalaho. Sa ngayon, ang gawain ng Diyos ay hindi pa umaabot sa puntong iyan. Wala ni isa sa inyo ang makakayanan ang labis na galit ng Diyos. Nakikita ninyo, kung gayon, na sa panahong ito, masaganang habag lamang ang ipinapakita ng Diyos sa inyong lahat, at hindi pa ninyo nakikita ang Kanyang malalim na galit. Kung may mga nananatiling hindi kumbinsido, maaaring hingin ninyo na dumating sa inyo ang poot ng Diyos, upang inyong maranasan kung talagang umiiral o hindi ang poot ng Diyos at ang Kanyang disposisyon na hindi nagpapahintulot ng paglabag ng tao. Maglalakas-loob ba kayo?

Ang mga Tao ng mga Huling Araw ay Nakikita Lamang ang Poot ng Diyos sa Kanyang mga Salita, at Hindi Tunay na Nakararanas ng Poot ng Diyos

Ang dalawang panig ba ng disposisyon ng Diyos na nakikita sa mga talatang ito ng kasulatan ay karapat-dapat na pag-ukulan ng pagbabahaginan? Nang marinig ang kuwentong ito, nagkaroon ba kayo ng panibagong pagkaunawa tungkol sa Diyos? Anong klaseng pagkaunawa ang mayroon kayo? Masasabi na mula noong panahon ng paglikha hanggang ngayon, walang grupong lubos na nagtamasa sa biyaya o habag at kagandahang-loob ng Diyos gaya ng panghuling grupong ito. Bagama't sa huling yugto, ginawa na ng Diyos ang gawain ng paghatol at pagkastigo, at ginawa ang Kanyang gawain nang may pagiging maharlika at poot, kadalasan ay gumagamit lang ang Diyos ng mga salita upang isakatuparan ang Kanyang gawain; gumagamit Siya ng mga salita upang magturo at magdilig, upang magbigay at magpakain. Samantala, ang poot ng Diyos ay palaging nananatiling nakatago, at maliban na lamang sa pagkaranas sa mabagsik na disposisyon ng Diyos sa Kanyang mga salita, kakaunting tao lamang ang personal na nakararanas ng Kanyang galit. Ibig sabihin nito, sa panahon ng gawain ng paghatol at pagkastigo ng Diyos, bagama't ang poot na ibinunyag sa mga salita ng Diyos ay nagpapahintulot sa mga tao na maranasan ang pagiging maharlika at kawalang-pagpaparaya ng Diyos sa paglabag, hanggang sa Kanyang mga salita lamang ang poot na ito. Sa madaling salita, ang Diyos ay gumagamit ng mga salita upang sawayin ang tao, ilantad ang tao, hatulan ang tao, kastiguhin ang tao, at maging kondenahin ang

tao—ngunit ang Diyos ay hindi pa talagang nagagalit sa tao, at bahagya pa lang na pinakawalan ang Kanyang poot maliban na lamang sa Kanyang mga salita. Dahil dito, ang habag at kagandahang-loob ng Diyos na naranasan ng tao sa kapanahunang ito ay pagpapahayag ng tunay na disposisyon ng Diyos, habang ang poot ng Diyos na naranasan ng tao ay epekto lamang ng tono at pakiramdam ng Kanyang mga pagbigkas. Maraming tao ang nagkakamali sa pag-aakalang ang epektong ito ang tunay na karanasan at tunay na kaalaman sa poot ng Diyos. Bilang resulta, naniniwala ang karamihan na nakita na nila ang habag at kagandahang-loob ng Diyos sa Kanyang mga salita, na naranasan na rin nila ang kawalang-pagpaparaya ng Diyos sa mga paglabag ng tao, at karamihan sa kanila ay pinahahalagahan na ang habag at pagpaparaya ng Diyos sa tao. Ngunit gaano man kasama ang ugali ng tao, o gaano man katiwali ang kanyang disposisyon, palaging nagtitiis ang Diyos. Sa pagtitiis, ang Kanyang layon ay ang maghintay sa mga salitang sinabi Niya, sa mga pagsisikap na ginawa Niya, at sa halagang ibinayad Niya upang makamit ang epekto sa mga taong nais Niyang matamo. Ang paghihintay sa ganitong kahihinatnan ay inaabot ng matagal na panahon, at nangangailangan ng pagkalikha ng iba’t ibang kapaligiran para sa tao, tulad ng hindi agarang pagiging matanda ng mga tao matapos nilang maipanganak; aabutin ng labingwalo o labingsiyam na taon, at ang ilang tao naman ay kakailanganin ang dalawampu o tatlung taon bago sila maituring na tunay na nasa wastong gulang. Hinihintay ng Diyos ang pagiging ganap ng prosesong ito, hinihintay Niya ang pagdating ng ganitong oras, at hinihintay Niya ang kahihinatnang ito. Sa buong panahon ng Kanyang paghihintay, ang Diyos ay labis na mahabagin. Gayunpaman, sa panahon ng gawain ng Diyos, napakaliit na bilang ng mga tao ang pinababagsak, at ang ilan ay pinaparusahan dahil sa kanilang malubhang paglaban sa Diyos. Ang ganitong mga halimbawa ay mas malaking patunay sa disposisyon ng Diyos na hindi nagpapalampas ng pagkakasala ng tao, at ganap na nagpapatibay sa tunay na pag-iral ng pagpaparaya at pagtitiis ng Diyos sa Kanyang mga taong hinirang. Mangyari pa, sa mga karaniwang halimbawang ito, hindi nakakaapekto sa pangkalahatang plano ng pamamahala ng Diyos ang pagpapahayag ng bahagi ng Kanyang disposisyon sa mga taong ito. Sa katunayan, sa huling yugtong ito ng gawain ng Diyos, ang Diyos ay nagtitiis sa buong panahon ng Kanyang paghihintay, at ipinagpalit Niya ang Kanyang pagtitiis at ang Kanyang buhay para sa kaligtasan ng mga taong sumusunod sa Kanya. Nakikita ba ninyo ito? Hindi sisirain ng Diyos ang Kanyang plano nang walang dahilan. Maaari Niyang ipamalas ang Kanyang poot, at maaari rin Siyang maging mahabagin; ito ang paghahayag ng dalawang pangunahing bahagi ng disposisyon ng Diyos. Ito ba ay hindi malinaw, o ito ba ay napakalinaw? Sa madaling salita, pagdating sa Diyos, tama at mali, makatarungan at hindi makatarungan, ang positibo at ang negatibo—ang lahat ng ito ay malinaw na ipinapakita sa tao. Kung ano ang Kanyang gagawin, kung ano ang Kanyang nais, kung ano ang Kanyang kinamumuhian—ang lahat ng ito ay maaaring ganap na makita sa Kanyang disposisyon. Ang ganitong mga bagay ay maaari ring higit na makita nang

maliwanag at malinaw sa gawain ng Diyos, at hindi sila malabo o para sa pangkalahatan; sa halip, hinahayaan ng mga ito na makita ng lahat ng tao ang disposisyon ng Diyos at kung ano ang mayroon Siya at kung ano Siya sa isang bukod-tanging kongkreto, tunay, at praktikal na paraan. Ito ang tunay na Diyos Mismo.

Ang Disposisyon ng Diyos ay Hindi Kailanman Itinago sa Tao—ang Puso ng Tao ang Lumayo sa Diyos

Kung hindi Ko ibinahagi ang mga bagay na ito, wala sa inyo ang makakayanang masdan ang tunay na disposisyon ng Diyos sa mga kuwento sa Bibliya. Ito ang totoo. Ito ay sa kadahilang bagama't ang mga kuwentong ito mula sa Bibliya ay nagtala ng ilan sa mga bagay na ginawa ng Diyos, kakaunti lamang ang sinabi ng Diyos, at hindi Niya tuwirang ipinakilala ang Kanyang disposisyon o hayagang inilabas ang Kanyang kalooban sa tao. Ipinagpalagay ng mga sumunod na henerasyon na ang mga talaang ito ay mga kuwento lamang, kung kaya't para sa mga tao tila itinatago ng Diyos ang Kanyang sarili mula sa tao, na hindi ang persona ng Diyos ang nakatago sa tao, kundi ang Kanyang disposisyon at kalooban. Pagkatapos ng Aking pagbabahagi ngayon, nadarama pa rin ba ninyo na ang Diyos ay lubos na nakatago sa tao? Naniniwala pa rin ba kayo na ang disposisyon ng Diyos ay nakatago mula sa tao?

Mula noong panahon ng paglikha, ang disposisyon ng Diyos ay naaayon sa Kanyang gawain. Ito ay hindi kailanman nakatago mula sa tao, kundi ganap na nakalathala at ginawang malinaw sa tao. Ngunit, sa paglipas ng panahon, ang puso ng tao ay lalong lumayo mula sa Diyos, at habang lumalalim ang katiwalian ng tao, lalo pang napalayo ang tao mula sa Diyos. Dahan-dahan ngunit may katiyakan, ang tao ay naglaho mula sa paningin ng Diyos. Hindi na kayang “makita” ng tao ang Diyos, at nawalan ng anumang “balita” tungkol sa Diyos; dahil dito, hindi niya alam kung umiiral ba ang Diyos, at nagagawa pa ngang ganap na itanggi ang pag-iral ng Diyos. Bilang resulta, ang kawalan ng pagkaunawa ng tao sa disposisyon ng Diyos at kung ano ang mayroon Siya at kung ano Siya, ay hindi dahil sa nakatago ang Diyos sa tao, kundi dahil sa paglayo ng kanyang puso sa Diyos. Bagama't naniniwala ang tao sa Diyos, sa puso ng tao ay walang Diyos, at hindi niya alam kung paano mahalin ang Diyos, ni hindi nga niya gustong mahalin ang Diyos, dahil ang kanyang puso ay hindi kailanman lumalapit sa Diyos at siya ay palaging umiiwas sa Diyos. Bilang resulta, ang puso ng tao ay malayo mula sa Diyos. Nasaan ang kanyang puso? Sa katunayan, ang puso ng tao ay hindi nagpunta sa kung saan: Sa halip na ibigay ito sa Diyos o ibunyag ito upang ipakita sa Diyos, itinago niya ito para sa kanyang sarili. Iyan ay sa kabila ng katunayan na ang ilang tao ay madalas na manalangin sa Diyos at magsabi, “O Diyos, tingnan Mo ang aking puso—alam Mo ang lahat ng nasa isip ko,” at ang ilan ay sumusumpa pa na hinahayaan nila ang Diyos na tingnan sila, nang sa gayon ay maparusahan sila kung hindi nila tutuparin ang kanilang isinumpa. Kahit na pinahihintulutan ng tao ang Diyos na tumingin sa loob ng kanyang puso, hindi ito nangangahulugan na siya ay may

kakayahang sumunod sa mga pangangasiwa at pagsasaayos ng Diyos, ni hindi rin ibig sabihin na iniwan niya ang kanyang kapalaran at mga inaasam at ang lahat tungkol sa kanya sa ilalim ng pamamahala ng Diyos. Dahil dito, anupaman ang ipinangako mo sa Diyos o ipinahayag sa Kanya, sa paningin ng Diyos, ang iyong puso ay sarado pa rin sa Kanya, dahil hinahayaan mo lamang na tingnan ng Diyos ang iyong puso ngunit hindi mo Siya pinahihintulatang pamahalaan ito. Sa madaling salita, hindi mo pa talaga ibinigay ang iyong puso sa Diyos, at nagsasabi ka lamang ng mga salitang maganda sa pandinig ng Diyos; samantala, itinatago mo sa Diyos ang iba't iba mong mapanlinlang na layunin, kasama na ang iyong mga lihim na intriga, mga pakana, at mga plano, at mahigpit mong hinahawakan ang iyong mga inaasam-asam at kapalaran sa iyong mga kamay, nang may matinding takot na kukunin ng Diyos ang mga ito. Dahil dito, hindi kailanman nakita ng Diyos ang katapatan ng tao sa Kanya. Bagama't pinagmamasdan ng Diyos ang kailaliman ng puso ng tao, at nakikita kung ano ang iniisip ng tao at mga nais gawin sa kanyang puso, at nakikita kung anong mga bagay ang nakatago sa kanyang puso, ang puso ng tao ay hindi pag-aari ng Diyos, at hindi niya ito isinuko upang pamahalaan ng Diyos. Sinasabi nito na ang Diyos ay may karapatang magmasid, ngunit wala Siyang karapatang mamahala. Sa pansariling kamalayan ng tao, hindi gusto at walang balak ang tao na isuko ang kanyang sarili sa pagsasaayos ng Diyos. Hindi lamang isinara ng tao ang kanyang sarili sa Diyos, ngunit mayroon pang mga taong nag-iisip kung paano itatago ang kanilang mga puso, gamit ang mga kaakit-akit na mga salita at labis-labis na papuri upang lumikha ng impresyon na hindi naman tunay at makuha ang tiwala ng Diyos, at itinatago ang kanilang tunay na katauhan sa paningin ng Diyos. Ang hindi nila pagpapahintulot sa Diyos na makakita ay dahil sa layon nila na hindi Siya pahintulatang makilala kung ano ba talaga sila. Hindi nila nais na ibigay ang kanilang mga puso sa Diyos, kundi panatilihin ang mga ito para sa kanilang mga sarili. Ang ibig sabihin nito ay ang lahat ng ginagawa ng tao at ang gusto niya ay nakaplano, tinantiya at pinagpasyahan ng tao mismo; hindi niya kailangan ang pakikilahok o pakikialam ng Diyos, at lalong hindi niya kailangan ang mga pagsasaayos at pangangasiwa ng Diyos. Sa gayon, maging tungkol man sa mga utos ng Diyos, sa Kanyang tagubilin, o sa mga hinihingi ng Diyos mula sa tao, ang mga desisyon ng tao ay nakabatay sa kanyang sariling mga layunin at interes, sa kanyang sariling kalagayan at sa mga pangyayari sa panahong iyon. Laging ginagamit ng tao ang kaalaman at mga pagkaunawa na pamilyar sa kanya, at ang kanyang sariling pag-iisip, upang humatol at pumili ng landas na dapat niyang tahakin, at hindi niya pinahihintulutan ang panghihimasok o pamamahala ng Diyos. Ito ang puso ng tao na nakikita ng Diyos.

Mula sa simula hanggang ngayon, tanging tao lamang ang may kakayahang makipag-usap sa Diyos. Iyon ay, sa lahat ng mga nabubuhay at mga nilalang ng Diyos, walang iba pa, maliban sa tao, ang nagawang makipag-usap sa Diyos. Ang tao ay may mga tainga na nagbibigay sa kanya ng kakayahang makarinig, at mga mata para siya ay makakita. Mayroon siyang wika, sariling mga ideya, at malayang kalooban.

Nagmamay-ari siya ng lahat ng kailangan upang marinig ang Diyos na nangungusap, at maintindihan ang kalooban ng Diyos, at tanggapin ang tagubilin ng Diyos, kung kaya't ipinaalam ng Diyos ang lahat ng Kanyang mga hangarin sa tao, sa kagustuhan Niyang gawin ang tao na isang makakasama na kaisa Niya sa pag-iisip at makakasama Niya sa Kanyang paglalakad. Mula pa nang nagsimula Siyang mamahala, hinihintay na ng Diyos na ibigay ng tao ang kanyang puso sa Kanya, na hayaan ang Diyos na gawin itong dalisay at ihanda ito, upang ito ay maging kasiya-siya sa Diyos at mahalín ng Diyos, upang sambahin niya ang Diyos at layuan ang kasamaan. Ang Diyos ay lubos na umasa at nag-abang sa kahihinatnan ng ito. Mayroon bang mga ganitong tao sa mga tala ng Bibliya? Ibig sabihin, mayroon bang tao sa Bibliya na kayang ibigay ang kanilang puso sa Diyos? Mayroon bang maaaring pamarisan sa kapanahunang ito? Ngayon, ituloy natin ang pagbabasa sa mga nakatala sa Bibliya at tingnan kung ang ginawa ng taong ito—ni Job—ay may anumang kinalaman sa paksang “pagbibigay ng iyong puso sa Diyos” na pinag-uusapan natin ngayon. Tingnan natin kung si Job ay kasiya-siya sa Diyos at minahal ng Diyos.

Ano ang inyong palagay kay Job? Sa pagbanggit sa orihinal na kasulatan, may mga nagsasabi na si Job ay natatakot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan. “Natatakot sa Diyos, at umiiwas sa kasamaan”: gayon ang pagsusuri ng Diyos kay Job. Kung gagamitin ninyo ang inyong sariling mga salita, paano ninyo ilalarawan si Job? May mga nagsasabi na si Job ay isang mabuti at makatwirang tao; may nagsasabi na mayroon siyang tunay na pananampalataya sa Diyos; may nagsasabi na si Job ay matuwid at makatao. Nakita ninyo ang pananampalataya ni Job, na ang ibig sabihin, binibigyan ninyo ng halaga sa inyong mga puso at kinaiingitan ang pananampalataya ni Job. Ngayon, tingnan natin kung ano ang mayroon si Job na ikinalugod sa kanya ng Diyos. At pagkatapos, basahin natin ang mga kasulatan sa ibaba.

C. Job

1. Ang mga Pagsusuri ng Diyos kay Job at ang nasa Bibliya

Job 1:1 May isang lalaki sa lupain ng Uz, na ang pangalan ay Job; at ang lalaking yaon ay sakdal at matuwid, at natatakot sa Diyos, at umiiwas sa kasamaan.

Job 1:5 At nangyari, nang makaraan ang mga araw ng kanilang pagpipista, na si Job ay nagsugo, at pinapagbanal sila, at bumangong maaga sa kinaumagahan, at naghandog ng mga handog na susunugin ayon sa bilang nilang lahat: sapagkat sinabi ni Job, “Marahil ang aking mga anak ay nangagkasala, at itinakwil ang Diyos sa kanilang mga puso.” Ganito ang patuloy na ginawa ni Job.

Job 1:8 At sinabi ni Jehova kay Satanas, “Iyo bang pinansin ang Aking lingkod na si Job, sapagkat walang gaya niya sa lupa, na sakdal at matuwid na lalaki, na natatakot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan?”

Ano ang mahalagang punto na nakikita ninyo sa mga talatang ito? Ang tatlong

maiikling talatang ito ng kasulatan ay may kaugnayan lahat kay Job. Kahit maiikli, malinaw na sinasaad nito kung anong uri siya ng tao. Sa pamamagitan ng paglalarawan ng mga ito ng araw-araw na pag-uugali at asal ni Job, sinasabi nito sa lahat, na sa halip na walang batayan, ang pagsusuri ng Diyos kay Job ay may matibay na basehan. Sinasabi nito sa atin na maging ito man ay pagsusuri ng tao kay Job (Job 1:1), o pagsusuri sa kanya ng Diyos (Job 1:8), ang mga ito ay parehong resulta ng mga gawa ni Job sa harap ng Diyos at ng tao (Job 1:5).

Una, basahin natin ang unang sipi: “May isang lalaki sa lupain ng Uz, na ang pangalan ay Job; at ang lalaking yaon ay sakdal at matuwid, at natatakot sa Diyos, at umiiwas sa kasamaan.” Ito ang unang pagsusuri kay Job sa Bibliya, at ang pangungusap na ito ay ang pagsusuri ng may-akda kay Job. Natural lamang na ito rin ay kumakatawan sa pagsusuri ng tao kay Job, kung saan “ang lalaking yaon ay sakdal at matuwid, at natatakot sa Diyos, at umiiwas sa kasamaan.” Susunod, basahin natin ang pagsusuri ng Diyos kay Job: “Walang gaya niya sa lupa, na sakdal at matuwid na lalaki, na natatakot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan.” Sa dalawang ito, ang isa ay galing sa tao, at ang isa ay nagmula sa Diyos; ang mga ito ay dalawang pagsusuri na pareho ang nilalaman. Makikita natin na ang pag-uugali at asal ni Job ay alam ng tao, at pinuri rin ng Diyos. Sa madaling salita, ang asal ni Job sa harap ng tao at ang kanyang asal sa harap ng Diyos ay pareho; inilatag niya ang kanyang pag-uugali at motibasyon sa harap ng Diyos sa lahat ng oras, upang ang mga ito ay masuri ng Diyos, at siya ay isang tao na may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan. Dahil dito, sa mga mata ng Diyos, sa lahat ng tao sa lupa si Job lang ang perpekto at matuwid, at isang tao na may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan.

Partikular na mga Pagpapamalas ni Job ng Pagkatakot sa Diyos at Paglayo sa Kasamaan sa Kanyang Araw-araw na Pamumuhay

Susunod, tingnan natin ang partikular na mga pagpapamalas ni Job ng pagkatakot sa Diyos at paglayo sa kasamaan. Bilang karagdagan sa mga sipi na nauna at sumunod dito, basahin din natin ang Job 1:5, na isa sa mga halimbawa ng pagpapamalas ni Job ng pagkatakot sa Diyos at paglayo sa kasamaan. Ito ay may kinalaman sa kung paano siya natakot sa Diyos at lumayo sa kasamaan sa kanyang araw-araw na pamumuhay; ang pinakaprominente, hindi lang niya ginawa ang mga dapat niyang gawin para sa sarili niyang takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan, kundi regular ding nagsasakripisyo ng mga sinusunog na handog sa harap ng Diyos sa ngalan ng kanyang mga anak na lalaki. Ikinakatakot niya na sila ay madalas na “nangagkasala, at itinakwil ang Diyos sa kanilang mga puso” habang nagdiriwang. At paano ipinamalas ni Job ang takot na ito? Ang orihinal na teksto ay nagbibigay ng mga sumusunod na salaysay: “At nangyari, nang makaraan ang mga araw ng kanilang pagpipista, na si Job ay nagsugo, at pinapagbanal sila, at bumangong maaga sa kinaumagahan, at naghandog ng mga handog na susunugin ayon sa bilang nilang lahat.” Ipinapakita sa atin ng asal ni Job, na ang kanyang takot sa

Diyos ay hindi naipapamalas sa kanyang panlabas na pag-uugali, kundi ay nagmula sa loob ng kanyang puso, at ang kanyang takot sa Diyos ay makikita sa bawat aspeto ng kanyang araw-araw na pamumuhay, sa lahat ng pagkakataon, dahil hindi lamang siya lumayo sa kasamaan, kundi madalas din siyang mag-alay ng mga sinunog na handog sa ngalan ng kanyang mga anak na lalaki. Sa madaling salita, hindi lamang malalim ang takot ni Job na magkasala laban sa Diyos at tumalikod sa Diyos sa kanyang sariling puso, kundi inaalala rin niya na baka ang kanyang mga anak na lalaki ay magkasala laban sa Diyos at talikuran Siya sa kanilang mga puso. Makikita natin dito na ang katotohanan ng takot ni Job sa Diyos ay nagtatagumpay laban sa masusing pagsisiyasat, at hindi pag-aalinlangan ng sinumang tao. Ginawa ba niya ito nang paminsan-minsan, o nang madalas? Ang huling pangungusap ng teksto ay “Ganito ang patuloy na ginawa ni Job.” Ang mga salitang ito ay nangangahulugan na hindi pinupuntahan at binibisita ni Job ang kanyang mga anak nang paminsan-minsan, o kung nais niya lamang, at hindi rin siya nagtatapat sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin. Sa halip, regular niyang ipinapadala ang kanyang mga anak upang pabanalin, at nagsasakripisyo siya ng mga sinusunog na handog para sa kanila. Ang salitang “patuloy” dito ay hindi nangangahulugan na ginawa niya ang mga ito ng isa o dalawang araw, o sa loob ng ilang sandali. Sinasabi nito na ang pagpapamalas ni Job ng takot sa Diyos ay hindi pansamantala lamang, at hindi humihinto sa antas ng kaalaman, o sa mga binibigkas na salita; sa halip, ang daan ng pagkatakot sa Diyos at paglayo sa kasamaan ang gumabay sa kanyang puso, ito ang nagdikta ng kanyang asal, at sa kanyang puso, ito ang ugat ng pananatili ng kanyang pag-iral. Ipinapakita ng patuloy niyang paggawa nito na, sa kanyang puso, madalas niyang ikinatakot na siya mismo ay magkakasala laban sa Diyos at ikinatakot din niya na ang kanyang mga anak na lalaki at babae ay magkakasala laban sa Diyos. Kinakatawan nito kung gaano kabigat ang daan ng pagkatakot sa Diyos at paglayo sa kasamaan na dala niya sa loob ng kanyang puso. Patuloy niya itong ginawa, dahil sa kanyang puso, natatakot at nangangamba siya—nangangamba na may ginawa siyang masama at nagkasala laban sa Diyos, at na siya ay lumihis mula sa daan ng Diyos kung kaya’t hindi niya nagawang magbigay ng kaluguran sa Diyos. At kasabay nito, nag-alala rin siya para sa kanyang mga anak na lalaki at babae, nangamba siya na nagkasala sila sa Diyos. Ganito ang karaniwang pag-uugali ni Job sa araw-araw. Ang karaniwang pag-uugali na ito mismo ang nagpapatunay na ang takot ni Job sa Diyos at ang paglayo sa kasamaan ay hindi salita lamang, na talagang isinabuhay ni Job ang realidad na ito. “Ganito ang patuloy na ginawa ni Job”: Ang mga salitang ito ang nagsasabi sa atin ng araw-araw na mga gawa ni Job sa harap ng Diyos. Sa patuloy niyang paggawa ng ganoon, naabot ba ng kanyang ugali at ng kanyang puso ang Diyos? Sa madaling salita, madalas bang nalugod ang Diyos sa kanyang puso at sa kanyang ugali? Kung gayon, sa anong kalagayan, at sa anong konteksto ito patuloy na ginawa ni Job? May ilang nagsasabi: “Ganito kumilos si Job dahil madalas magpakita sa kanya ang Diyos.” May ilang nagsasabi: “Patuloy niya itong

ginawa dahil may kagustuhan siyang lumayo sa kasamaan.” At may ilang nagsasabi: “Marahil inisip niya na hindi naging madali ang pagkamit niya ng kanyang kayamanan, at alam niya na ipinagkaloob ito ng Diyos sa kanya, at dahil dito lubha siyang natatakot na mawala ang kanyang ari-arian bilang bunga ng pagkakasala laban sa Diyos.” May mga totoo ba sa mga pahayag na ito? Malinaw na wala. Dahil sa mga mata ng Diyos, ang lubos na itinangi at pinahalagahan ng Diyos kay Job ay hindi lamang ang patuloy niyang paggawa ng ganoon; higit pa roon, ay ang kanyang pag-uugali sa harapan ng Diyos, ng tao, at ni Satanas nang ipasa siya kay Satanas upang tuksuhin. Ibinibigay ng mga bahagi sa ibaba ang pinakakapani-paniwalang katibayan, ang katibayan na nagpapakita sa atin ng katotohanan ng pagsusuri ng Diyos kay Job. Pagkatapos, basahin natin ang susunod na mga talata mula sa kasulatan.

2. Tinukso ni Satanas si Job sa Unang Pagkakataon (Ninakaw ang Kanyang mga Alagang Hayop at Sumapit ang Kalamidad sa Kanyang mga Anak)

a. Ang mga Salitang Binigkas ng Diyos

Job 1:8 At sinabi ni Jehova kay Satanas, “Iyo bang pinansin ang Aking lingkod na si Job, sapagkat walang gaya niya sa lupa, na sakdal at matuwid na lalaki, na natatakot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan?”

Job 1:12 At sinabi ni Jehova kay Satanas, “Narito, lahat niyang tinatangkilik ay nasa iyong kapangyarihan; siya lamang ang huwag mong pagbuhatan ng iyong kamay.” Sa gayo’y lumabas si Satanas na mula sa harapan ni Jehova.

b. Sagot ni Satanas

Job 1:9–11 Nang magkagayo’y sumagot si Satanas kay Jehova, at nagsabi, “Natatakot ba ng walang kabuluhan si Job sa Diyos? Hindi Mo ba siya ikinulong, at ang kanyang sambahayan, at ang lahat niyang tinatangkilik, sa bawat dako? Iyong pinagpala ang gawa ng kanyang mga kamay, at ang kanyang pag-aari ay dumami sa lupain. Ngunit pagbuhatan Mo siya ng Iyong kamay ngayon, at galawin Mo ang lahat niyang tinatangkilik, at susumpain Ka niya ng mukhaan.”

Pinahihintulutan ng Diyos si Satanas na Tuksuhin si Job Upang Gawing Perpekto ang Pananampalataya ni Job

Ang Job 1:8 ay ang unang tala na makikita natin sa Bibliya tungkol sa isang pag-uusap sa pagitan ng Diyos na si Jehova at ni Satanas. At ano ang sinabi ng Diyos? Ang orihinal na teksto ay naglalaman ng sumusunod na salaysay: “At sinabi ni Jehova kay Satanas, ‘Iyo bang pinansin ang Aking lingkod na si Job, sapagkat walang gaya niya sa lupa, na sakdal at matuwid na lalaki, na natatakot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan?’” Ito ay pagsusuri ng Diyos kay Job sa harap ni Satanas; sinabi ng Diyos na siya ay isang lalaking perpekto at matuwid, na may takot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan. Bago pa man ang mga salitang ito sa pagitan ng Diyos at ni Satanas, pinagpasyahan na ng Diyos

na gagamitin Niya si Satanas upang tuksuhin si Job—na ipapasa Niya si Job kay Satanas. Sa isang banda, patutunayan nito na ang pagmamasid at pagsusuri ng Diyos kay Job ay tumpak at walang pagkakamali, at magdudulot ng kahihyan kay Satanas sa pamamagitan ng patotoo ni Job; sa kabilang banda, gagawin nitong perpekto ang pananampalataya at takot ni Job sa Diyos. Dahil dito, nang si Satanas ay naparoon sa harap ng Diyos, hindi nagpaliguy-ligoy ang Diyos. Diretso Niyang sinabi at tinanong kay Satanas: “Iyo bang pinansin ang Aking lingkod na si Job, sapagkat walang gaya niya sa lupa, na sakdal at matuwid na lalaki, na natatakot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan?” Nasa tanong ng Diyos ang sumusunod na kahulugan: Alam ng Diyos na nililibot ni Satanas ang lahat ng lugar, at madalas niyang nasusubaybayan si Job, na lingkod ng Diyos. Madalas na nitong tinukso at sinalakay si Job, sa paghahanap nito ng paraan upang wasakin si Job at mapatunayan na ang pananampalataya ni Job sa Diyos at ang kanyang takot sa Diyos ay hindi matatag. Agad-agad ding naghanap si Satanas ng mga pagkakataon para ganap na masira si Job, upang itakwil ni Job ang Diyos, at upang agawin si Job mula sa mga kamay ng Diyos. Ngunit ang Diyos ay tumingin sa loob ng puso ni Job at nakita Niya na siya ay perpekto at matuwid, at siya ay may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan. Ginamit ng Diyos ang isang tanong upang sabihin kay Satanas na si Job ay isang perpekto at matuwid na tao na may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan, na hindi kailanman tatalikuran ni Job ang Diyos at susunod kay Satanas. Nang marinig ang pagsusuri ng Diyos kay Job, nagalit si Satanas dahil sa kahihyan, at lalo itong napoot, at lalong nainip na agawin si Job, dahil hindi kailanman naniwala si Satanas na may isang taong maaaring maging perpekto at matuwid, o kaya ay makakaya niyang magkaroon ng takot sa Diyos at layuan ang kasamaan. Kasabay nito, si Satanas ay napoot din sa pagka-perpekto at pagkamatuwid ng tao, at nagalit sa mga tao na nakakayanang magkaroon ng takot sa Diyos at layuan ang kasamaan. Kaya naman nasusulat sa Job 1:9–11 na “Nang magkagayo’y sumagot si Satanas kay Jehova, at nagsabi, ‘Natatakot ba ng walang kabuluhan si Job sa Diyos? Hindi Mo ba siya ikinulong, at ang kanyang sambahayan, at ang lahat niyang tinatangkilik, sa bawat dako? Iyong pinagpala ang gawa ng kanyang mga kamay, at ang kanyang pag-aari ay dumami sa lupain. Ngunit pagbuhatan Mo siya ng iyong kamay ngayon, at galawin Mo ang lahat niyang tinatangkilik, at susumpain Ka niya ng mukhaan.’” Kilalang-kilala ng Diyos ang malisyosong kalikasan ni Satanas, at alam na alam na Niyang matagal nang balak ni Satanas na sirain si Job, kung kaya’t ninais ng Diyos, sa pamamagitan ng pagsabing muli kay Satanas na si Job ay perpekto at matuwid at siya ay may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan, upang mailagay sa kanyang lugar si Satanas, maipakita ang tunay nitong mukha at lusubin at tuksuhin si Job. Sa madaling salita, sinadya ng Diyos na idiin na perpekto at matuwid si Job, at na may takot siya sa Diyos at umiiwas sa kasamaan, at sa pamamagitan nito ay hinayaan Niyang lusubin ni Satanas si Job dahil sa pagkamuhit at galit ni Satanas sa pagiging perpekto at matuwid ni Job, isang taong may takot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan. Bunga nito, magdadala ng

kahihiyan ang Diyos kay Satanas dahil sa katunayan na si Job ay perpekto at matuwid na tao, isang tao na may takot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan, at si Satanas ay maiiwasang lubos na napahiya at talunan. Pagkatapos nito, si Satanas ay hindi na muling mag-aalinlangan o gagawa ng mga paratang kay Job tungkol sa kanyang pagka-perpekto, pagkamatuwid, pagkakaroon ng takot sa Diyos, o paglayo sa kasamaan. Sa ganitong paraan, ang pagsubok ng Diyos at panunukso ni Satanas ay halos hindi na maiiwasan. Ang nag-iisang nakatiis sa pagsubok ng Diyos at panunukso ni Satanas ay si Job. Pagkatapos ng usapang ito, si Satanas ay nabigyan ng pahintulot na tuksuhin si Job. Kaya nagsimula ang unang mga pag-atake ni Satanas. Ang pinatamaan ng mga pag-atake na ito ay ang mga ari-arian ni Job, sapagkat ginawa ni Satanas ang mga sumusunod na paratang laban kay Job: “Natatakot ba ng walang kabuluhan si Job sa Diyos? ... Iyong pinagpala ang gawa ng kanyang mga kamay, at ang kanyang pag-aari ay dumami sa lupain.” Bunga nito, pinahintulutan ng Diyos si Satanas na kunin ang lahat ng ari-arian ni Job—na siyang tunay na layunin kung bakit nakipag-usap ang Diyos kay Satanas. Gayunman, gumawa ang Diyos ng isang utos kay Satanas: “Lahat niyang tinatangkilik ay nasa iyong kapangyarihan; siya lamang ang huwag mong pagbuhatan ng iyong kamay” (Job 1:12). Ito ang kondisyong ginawa ng Diyos matapos Niyang payagan si Satanas na tuksuhin si Job at ilagay si Job sa kamay ni Satanas, at ito ang hangganan na itinakda Niya para kay Satanas: inutusan Niya si Satanas na huwag saktan si Job. Dahil kinilala ng Diyos na si Job ay perpekto at matuwid, at mayroon Siyang pananampalataya na ang pagka-perpekto at pagkamatuwid ni Job sa Kanyang harapan ay walang pag-aalinlangan at kakayanin ang pagsubok, kung kaya’t pinahintulutan ng Diyos na tuksuhin ni Satanas si Job, ngunit nagpataw Siya ng hangganan kay Satanas: si Satanas ay pinahintulutan na kunin ang lahat ng ari-arian ni Job, ngunit hindi nito maaaring saktan si Job. Ano ang ibig sabihin nito? Ang ibig sabihin nito ay hindi lubusang ibinigay ng Diyos si Job kay Satanas noong panahong iyon. Maaaring tuksuhin ni Satanas si Job sa anumang paraan na nais nito, ngunit hindi nito maaaring saktan si Job mismo—kahit man lamang isang buhok sa kanyang ulo—dahil ang lahat tungkol sa tao ay pinamamahalaan ng Diyos, at ang pagkabuhay o pagkamatay man ng tao ay pinagpapasyahan ng Diyos. Si Satanas ay walang ganitong karapatan. Matapos sabihin ng Diyos ang mga salitang ito kay Satanas, si Satanas ay hindi na makapaghintay na magsimula. Ginamit nito ang lahat ng paraan upang tuksuhin si Job, at hindi nagtagal nawalan si Job ng gabundok na dami ng tupa at baka at ang lahat ng ari-arian na ibinigay sa kanya ng Diyos.... Sa ganito dumating ang mga pagsubok ng Diyos sa kanya.

Kahit sinasabi sa atin ng Bibliya ang mga pinagmulan ng panunukso kay Job, si Job ba mismo, na sumailalim sa mga tuksong ito, ay may kamalayan kung ano ang nangyayari? Si Job ay isa lamang mortal na tao; natural lamang na wala siyang alam sa mga nangyayari sa paligid niya. Gayunman, ang kanyang takot sa Diyos, at ang kanyang pagka-perpekto at pagkamatuwid, ang nakatulong sa kanya upang maunawaan na ang mga pagsubok ng Diyos ay dumating sa kanya. Hindi niya alam kung ano ang

naganap sa espirituwal na mundo, o kung ano ang mga layunin ng Diyos sa likod ng mga pagsubok na ito. Ngunit alam niya na kahit ano pa man ang mangyari sa kanya, dapat niyang patotohanan ang kanyang pagka-perpekto at pagkamatuwid, at dapat siyang sumunod sa daan ng pagkatakot sa Diyos at paglayo sa kasamaan. Malinaw na nakita ng Diyos ang saloobin at reaksiyon ni Job sa mga bagay na ito. At ano ang nakita ng Diyos? Nakita Niya ang puso ni Job na may takot sa Diyos, dahil magmula pa sa simula hanggang sa pagdaan ni Job sa pagsubok, nanatiling bukas ang puso ni Job sa Diyos, nakalatag ito sa harap ng Diyos, at hindi itinakwil ni Job ang kanyang pagka-perpekto o pagkamatuwid, at hindi rin siya tumanggi o tumalikod sa daan ng pagkatakot sa Diyos at paglayo sa kasamaan—walang ibang mas kasiya-siya pa sa Diyos kaysa rito. Susunod, titingnan natin kung ano ang mga tukso na pinagdaanan ni Job at kung paano niya hinarap ang mga pagsubok na ito. Basahin natin mula sa mga kasulatan.

c. Ang Reaksiyon ni Job

Job 1:20–21 Nang magkagayo’y bumangon si Job, at pinunit ang kanyang balabal, at inahitan ang kanyang ulo, at nagpatirapa sa lupa at sumamba; At sinabi niya, “Hubad akong lumabas sa bahay-bata ng aking ina, at hubad na babalik ako roon: si Jehova ang nagbigay, at si Jehova ang nag-alis; purihin ang pangalan ni Jehova.”

Nanggaling sa Kanyang Takot sa Diyos ang Kusang Pagbabalik ni Job ng Lahat ng Kanyang Pag-aari

Matapos sabihin ng Diyos kay Satanas na, “Lahat niyang tinatangkilik ay nasa iyong kapangyarihan; siya lamang ang huwag mong pagbuhatan ng iyong kamay,” umalis si Satanas, at matapos noon ay sumailalim na si Job sa biglaan at mababangis na pag-atake: Una, ninakaw ang kanyang mga baka at mga asno at pinatay ang ilan sa mga tagapaglingkod niya; sumunod, sinunog ang ilan sa kanyang mga tupa at mga tagapaglingkod; matapos noon, kinuha ang mga kamelyo niya at pinatay pa ang mga tagapaglingkod niya; sa huli, namatay ang mga anak niyang lalaki at babae. Ang sunud-sunod na pag-atake na ito ay ang paghihirap na dinanas ni Job sa unang tukso. Ayon sa iniutos ng Diyos, ang mga ari-arian at mga anak lamang ni Job ang pinuntirya ni Satanas sa panahon ng mga pag-atake, at hindi niya sinaktan si Job. Gayunman, mula sa pagiging isang mayamang tao na nagmamay-ari ng malaking kayamanan, si Job ay biglang naging isang tao na wala kahit na anong ari-arian. Walang sinuman ang may kakayahang matagalan ang mga kagila-gilalas na biglaang pag-atake na ito o tumugon sa mga ito nang maayos, ngunit si Job ay nagpakita ng kanyang pambihirang kakayahan. Nagbibigay ang Kasulatan ng sumusunod na salaysay: “Nang magkagayo’y bumangon si Job, at pinunit ang kanyang balabal, at inahitan ang kanyang ulo, at nagpatirapa sa lupa at sumamba.” Ito ang unang reaksiyon ni Job pagkatapos niyang marinig na nawala sa kanya ang kanyang mga anak at lahat ng kanyang ari-arian. Higit sa lahat, hindi siya mukhang nagulat, o natakot, at lalong hindi siya nagpahayag ng galit o poot. Nakikita

mo, sa gayon, na nakilala na niya sa kanyang puso na ang mga sakunang ito ay hindi isang aksidente, o gawa ng kamay ng tao, at lalong hindi dala ng paghihiganti o kaparusahan. Sa halip, dumating sa kanya ang mga pagsubok ni Jehova; si Jehova ang nagnais na kunin ang kanyang ari-arian at mga anak. Napaka-mahinahon at malinaw ng pag-iisip ni Job noon. Ang kanyang perpekto at matuwid na pagkatao ang tumulong sa kanya upang makagawa ng mga makatwiran at likas na tumpak na mga paghatol at pagpapasya tungkol sa mga sakunang dumating sa kanya, at dahil dito, nagawa niyang kumilos nang may pambihirang kahinahunan: “Nang magkagayo’y bumangon si Job, at pinunit ang kanyang balabal, at inahitan ang kanyang ulo, at nagpatirapa sa lupa at sumamba.” Ang “pinunit ang kanyang balabal” ay nangangahulugan na wala siyang suot, at walang pagmamay-ari; ang “inahitan ang kanyang ulo” ay nangangahulugang bumalik siya sa Diyos bilang isang bagong silang na sanggol; ang “nagpatirapa sa lupa at sumamba” ay nangangahulugang dumating siya sa mundo nang hubad, at wala pa ring pag-aari sa ngayon, ibinalik siya sa Diyos na tila isang bagong silang na sanggol. Ang saloobin ni Job sa lahat ng sinapit niya ay hindi maaaring makamit ng anumang nilalang ng Diyos. Ang kanyang pananampalataya kay Jehova ay hindi kapani-paniwala; ganito ang kanyang takot sa Diyos, pagiging masunurin sa Diyos, at hindi lamang siya nagpasalamat sa Diyos sa pagbibigay sa kanya, ngunit pati na rin sa pagkuha mula sa kanya. Higit pa rito, nagawa niyang ibalik sa Diyos ang lahat ng kanyang pag-aari, kasama na ang kanyang buhay.

Ang takot at pagiging masunurin ni Job sa Diyos ay isang halimbawa sa sangkatauhan, at ang kanyang pagka-perpekto at ang pagkamatuwid ay ang ruok ng pagkatao na dapat taglayin ng tao. Kahit hindi niya nakita ang Diyos, natanto niya na tunay na umiiral ang Diyos, at dahil sa pagkatantong ito ay nagkaroon siya ng takot sa Diyos, at dahil sa takot niya sa Diyos, nagawa niyang sundin ang Diyos. Binigyan niya ang Diyos ng kalayaan na kunin ang lahat ng kanyang pag-aari, subalit hindi siya nagreklamo, at nagpakumbaba siya sa harap ng Diyos at sinabi sa Kanya, sa oras na ito, na kahit na kunin ng Diyos ang kanyang laman, masaya niyang hahayaan na gawin ito ng Diyos, nang walang reklamo. Ang kanyang buong asal ay dahil sa kanyang perpekto at matuwid na pagkatao. Ibig sabihin nito, bunga ng kanyang kawalang-sala, katapatan, at kabaitan, si Job ay naging matatag sa kanyang natanto at karanasan na tungkol sa pag-iral ng Diyos. Mula sa saligang ito inatasan niya ang kanyang sarili at gumawa ng pamantayan sa kanyang pag-iisip, pag-uugali, asal, at mga prinsipyo sa pagkilos sa harap ng Diyos na naaayon sa patnubay ng Diyos sa kanya at sa mga gawa ng Diyos na nakita niya sa lahat ng bagay. Sa paglipas ng panahon, ang kanyang mga karanasan ay nagdulot sa kanya ng tunay at totoong takot sa Diyos at nagawa niyang layuan ang kasamaan. Ito ang pinagmulan ng integridad na mahigpit na pinanghawakan ni Job. Si Job ay may isang matapat, walang sala, at mabait na pagkatao, at siya ay mayroong tunay na karanasan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos, pagsunod sa Diyos, at paglayo sa kasamaan, pati na rin ang kaalaman na “si Jehova ang nagbigay, at si Jehova ang

nag-alis.” Dahil sa mga bagay na ito lamang niya nagawang tumayo nang matatag sa kanyang patotoo sa gitna ng mapaminsalang pag-atake ni Satanas, at dahil sa mga ito lamang niya nagawang hindi biguin ang Diyos at magbigay ng kasiya-siyang sagot sa Diyos nang dumating ang Kanyang mga pagsubok. Kahit na ang asal ni Job sa unang tukso ay lubos na tapat, ang mga sumunod na henerasyon ay hindi nagkaroon ng katiyakan na may kakayahan din silang magkamit ng ganitong katapatan kahit pa matapos ang kanilang habambuhay na mga pagsisikap, at hindi rin nangangahulugan na taglay nila ang asal ni Job na inilarawan sa itaas. Ngayon, nakikita mo ang tapat na asal ni Job, at kung ihahambing ito sa mga sigaw at determinasyon ng “lubos na pagiging masunurin at katapatang hanggang sa kamatayan” na ipinapakita sa Diyos ng mga taong nagsasabing naniniwala sa Diyos at sumusunod sa Diyos, kayo ba ay nakakaramdam o hindi nakakaramdam nang lubos na kahihyan?

Kung babasahin mo sa mga kasulatan ang lahat ng pinagdusahan ni Job at ng kanyang pamilya, ano ang iyong reaksiyon? Pinag-iisipan mo ba ito nang husto? Nagulat ka ba? Masasabi bang ang mga pagsubok na dumating kay Job ay “kahindik-hindik”? Sa madaling salita, kakila-kilabot na basahin ang mga pagsubok ni Job na inilarawan sa mga kasulatan, ano pa kaya ang sa tunay na buhay. Tulad ng nakikita mo, ang naranasan ni Job ay hindi isang “pagsasanay,” ngunit isang tunay na “labanan,” na nagtatampok ng tunay na “mga baril” at “mga bala.” Ngunit kaninong kamay ang naglagay sa kanya sa mga pagsubok na ito? Ang mga ito ay tunay ngang isinagawa ni Satanas, personal na isinagawa ang mga ito ni Satanas. Sa kabila nito, ang mga ito ay pinahintulutan ng Diyos. Sinabi ba ng Diyos kay Satanas kung sa anong mga paraan niya dapat tuksuhin si Job? Hindi Niya ito sinabi. Nagbigay lang ang Diyos ng isang kondisyon na dapat sundin ni Satanas, at pagkatapos nito ay dumating na ang panunukso kay Job. Nang dumating ang tukso kay Job, binigyan nito ang mga tao ng kabatiran tungkol sa kasamaan at kapangitan ni Satanas, sa mga masasamang hangarin at pagkamuhi nito sa tao, at sa pagkapoot nito sa Diyos. Makikita natin dito na hindi maaaring ilarawan ng mga salita kung gaano kalupit ang tuksong ito. Masasabing ang malisyosong kalikasan na ginamit ni Satanas upang pagmalupitan ang tao at ang pangit nitong mukha ay ganap na naibunyag noong mga sandaling ito. Ginamit ni Satanas ang pagkakataong ito, ang pagkakataong ibinigay ng pahintulot ng Diyos, upang isailalim si Job sa nag-iinit at walang awang pagmamalupit, ang paraan at antas ng kalupitan ay parehong hindi mailarawan at ganap na hindi mapag-titiisan ng mga tao ngayon. Sa halip na sabihing tinukso ni Satanas si Job, at naging matatag siya sa kanyang pagpapatotoo sa panahon ng tuksong ito, mas mabuting sabihin na sa mga pagsubok na itinakda para sa kanya ng Diyos, si Job ay nakipagpaligsahan kay Satanas upang ingatan ang kanyang pagka-perpekto at pagkamatuwid, at ipagtanggol ang daan ng pagkatakot sa Diyos at paglayo sa kasamaan. Sa paligsahang ito, nawala kay Job ang gabundok na mga tupa at baka, nawala sa kanya ang lahat ng kanyang ari-arian, at nawala sa kanya ang kanyang mga anak na lalaki

at babae. Gayunman, hindi niya tinalikuran ang kanyang pagka-perpekto, pagkamatuwid, o takot sa Diyos. Sa madaling salita, sa paligsahang ito laban kay Satanas, mas ginusto pa ni Job na mawala ang kanyang ari-arian at mga anak sa halip na mawala ang kanyang pagka-perpekto, pagkamatuwid, at takot sa Diyos. Pinili niyang manatili sa ugat ng kahulugan ng pagiging tao. Ang Kasulatan ay nagbibigay ng isang maikling salaysay ng buong pamamaraan kung paano nawala kay Job ang kanyang mga ari-arian, at nakatala rin dito ang asal at saloobin ni Job. Ang mga makahulugan at malinaw na mga salaysay na ito, ay nagbibigay ng pakiramdam na halos mahinahon si Job sa pagharap sa tuksong ito, ngunit kung ang tunay na nangyari ay mangyayari uli—idagdag pa ang katunayan ng malisyosong kalikasan ni Satanas—ang mga bagay ay hindi magiging kasing-simple o kasindali ng inilarawan sa mga pangungusap na ito. Ang realidad ay higit na mas malupit. Ganoon ang antas ng pagkasira at poot na ginamit ni Satanas sa pagtrato sa sangkatauhan at sa lahat ng sinasang-ayunan ng Diyos. Kung hindi sinabi ng Diyos kay Satanas na huwag saktan si Job, walang duda na papatayin siya ni Satanas nang walang pag-aatubili. Hindi nais ni Satanas na may sinumang sumamba sa Diyos, at hindi rin nito nais na magpatuloy sa pagkakaroon ng takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan ang mga taong makatarungan sa mga mata ng Diyos at ang mga perpekto at matuwid. Upang ang mga tao ay magkaroon ng takot sa Diyos at lumayo sa kasamaan, nangangahulugan na dapat nilang layuan at talikuran si Satanas, at dahil dito, sinamantala ni Satanas ang pahintulot ng Diyos upang ibuhos ang lahat ng poot at galit nito kay Job nang walang awa. Ngayon ay nakikita mo kung gaano kalaki ang paghihirap na pinagdusahan ni Job, mula sa isip hanggang sa laman, mula sa labas hanggang sa loob. Sa ngayon, hindi natin nakikita kung paano ito noong panahong iyon, at mula sa mga salaysay ng Bibliya, ang nakikita lamang natin ay isang maikling sulyap sa mga damdamin ni Job nang sumailalim siya sa mga paghihirap noong panahong iyon.

Ang Hindi Natitinag na Integridad ni Job ay Nagdadala ng Kahihiyan kay Satanas at Nagiging Sanhi ng Pagtakas Nito nang may Pagkasindak

At ano ang ginawa ng Diyos noong sumasailalim si Job sa pagpapahirap na ito? Ang Diyos ay nagmasid, at nanood, at naghintay ng magiging kalalabasan nito. Habang nagmamasid at nanonood ang Diyos, ano ang nadama Niya? Tiyak na nakadama Siya ng pighati. Ngunit, bilang resulta ng Kanyang pighati, pinagsisihan kaya Niya ang Kanyang pagpapahintulot kay Satanas na tuksuhin si Job? Ang sagot ay, Hindi, hindi Niya ito pinagsisihan. Sapagkat matatag ang Kanyang paniniwala na perpekto at matuwid si Job, na siya ay may takot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan. Binigyan lang ng Diyos si Satanas ng pagkakataon na patunayan ang pagiging matuwid ni Job sa harap ng Diyos, at ibunyag ang sarili nitong kasamaan at kasuklam-suklam na kalagayan. Bukod dito, pagkakataon ito upang patunayan ni Job ang kanyang pagiging matuwid at takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan sa harap ng mga tao sa mundo, kay Satanas, at maging

sa mga taong sumusunod sa Diyos. Pinatunayan ba ng kinalabasan sa huli na ang pagsusuri ng Diyos kay Job ay tama at walang pagkakamali? Talaga bang nangibabaw si Job kay Satanas? Dito ay mababasa natin ang mga huwarang salita na sinabi ni Job, mga salitang patunay na napagtagumpayan niya si Satanas. Sinabi niya: “Hubad akong lumabas sa bahay-bata ng aking ina, at hubad na babalik ako roon.” Ganito ang saloobin ng pagiging masunurin ni Job sa Diyos. Kasunod nito, sinabi niya: “Si Jehova ang nagbigay, at si Jehova ang nag-alis; purihin ang pangalan ni Jehova.” Ang mga salitang ito na sinabi ni Job ay patunay na pinagmamasdan ng Diyos ang kailaliman ng puso ng tao, na nakikita Niya ang nasa isip ng tao, at pinatutunayan ng mga ito na ang Kanyang pagsang-ayon kay Job ay walang pagkakamali, na ang taong ito na inaprubahan ng Diyos ay matuwid. “Si Jehova ang nagbigay, at si Jehova ang nag-alis; purihin ang pangalan ni Jehova.” Ang mga salitang ito ay patotoo ni Job sa Diyos. Ang mga pangkaraniwang salitang ito ang nagpasuko kay Satanas, nagdala rito ng kahihiyan at naging dahilan ng pagtakas nito nang may pagkasindak, at, higit pa rito, nagkadena kay Satanas at nag-iwan dito nang walang mga kaparaanan. Gayundin, ang mga salitang ito ang nagparamdam kay Satanas ng pagiging kamangha-mangha at kapangyarihan ng mga gawa ng Diyos na si Jehova, at nagpahintulot dito na makita ang pambihirang pagkabighani ng isang tao na ang puso ay pinamamahalaan ng daan ng Diyos. Bukod pa rito, pinatunayan ng mga ito kay Satanas ang pambihirang sigla na ipinakita ng isang maliit at hamak na tao bunga ng kanyang pagsunod sa daan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan. Dahil dito, natalo si Satanas sa unang paligsahan. Sa kabila ng kanyang “pagkatuto mula rito,” walang balak si Satanas na pakawalan si Job, at wala ring anumang pagbabago sa malisyosong kalikasan nito. Sinikap ni Satanas na patuloy na lusubin si Job, at minsan pang tumayo sa harap ng Diyos ...

Susunod, magbabasa tayo mula sa mga kasulatan tungkol sa pangalawang pagkakataon na tinukso si Job.

3. Muling Tinukso ni Satanas si Job (Naglitawan ang Mahahapding Pigsa sa Buong Katawan ni Job)

a. Ang mga Salitang Binigkas ng Diyos

Job 2:3 At sinabi ni Jehova kay Satanas, “Iyo bang pinansin ang Aking lingkod na si Job, sapagkat walang gaya niya sa lupa, na sakdal at matuwid na lalaki, na natatakot sa Diyos, at umiiwas sa kasamaan? At siya’y namamalagi sa kanyang integridad, bagaman Ako’y kinilos mo laban sa kanya, upang ilugmok siya ng walang kadahilanan.”

Job 2:6 At sinabi ni Jehova kay Satanas, “Narito, siya’y nasa iyong kamay; ingatan mo lamang ang kanyang buhay.”

b. Ang mga Salitang Binigkas ni Satanas

Job 2:4–5 At si Satanas ay sumagot kay Jehova, at nagsabi, “Balat kung balat, oo, lahat na tinatangkilik ng tao ay ibibigay dahil sa kanyang buhay. Ngunit pagbuhatan Mo ngayon ng

Iyong kamay, at galawin Mo ang kanyang buto at ang kanyang laman, at kanyang susumpain Ka ng mukhaan.”

c. Paano Kinakaharap ni Job ang Pagsubok

Job 2:9–10 Nang magkagayo’y sinabi ng kanyang asawa sa kanya, “Pinananatili mo pa rin ba ang iyong integridad? Sumpain mo ang Diyos, at mamatay ka.” Ngunit sinabi niya sa kanya, “Ikaw ay nagsasalita na gaya ng pagsasalita ng isa sa mga hangal na babae. Ano? Tatanggap ba tayo ng mabuti sa kamay ng Diyos, at hindi tayo tatanggap ng masama?” Sa lahat ng ito ay hindi nagkasala si Job sa pamamagitan ng kanyang mga labi.

Job 3:3–4 Maparam nawa ang araw ng kapanganakan sa akin, at ang gabi na nagsabi, may lalaking ipinaglihi. Magdilim nawa ang kaarawang yaon; huwag nawang pansinin ng Diyos mula sa itaas, ni sinagan man ng liwanag.

Ang Pag-ibig ni Job sa Daan ng Diyos ay Nakahihigit sa Lahat

Itinala ng Kasulatan ang mga salita sa pagitan ng Diyos at ni Satanas sa mga sumusunod: “At sinabi ni Jehova kay Satanas, ‘Iyo bang pinansin ang Aking lingkod na si Job, sapagkat walang gaya niya sa lupa, na sakdal at matuwid na lalaki, na natatakot sa Diyos, at umiiwas sa kasamaan? At siya’y namamalagi sa kanyang integridad, bagaman Ako’y kinilos mo laban sa kanya, upang ilugmok siya ng walang kadahilanan” (Job 2:3). Sa ganitong palitan, inuulit ng Diyos ang parehong tanong kay Satanas. Ito ay isang tanong na nagpapakita sa atin ng positibong pagsusuri ng Diyos na si Jehova sa ipinakita at isinabuhay ni Job sa unang pagsubok, at wala itong pinagkaiba sa pagsusuri ng Diyos kay Job bago pa man siya napasailalim sa panunukso ni Satanas. Ibig sabihin, bago pa man dumating ang tukso sa kanya, perpekto na si Job sa mga mata ng Diyos, at dahil dito, siya at ang kanyang pamilya ay pinangalagaan ng Diyos, at siya ay pinagpala; karapat-dapat siyang pagpalain sa mga mata ng Diyos. Pagkatapos ng panunukso, hindi nagkasala ang mga labi ni Job dahil nawala sa kanya ang kanyang mga ari-arian at pati na rin ang kanyang mga anak, bagkus patuloy niyang pinuri ang pangalan ni Jehova. Pinuri siya ng Diyos dahil sa kanyang ginawa, at binigyan siya ng matataas na marka dahil sa kanyang tunay na asal. Sa paningin ni Job, hindi sapat ang kanyang mga anak o ang kanyang mga ari-arian upang itakwil niya ang Diyos. Sa madaling salita, ang lugar ng Diyos sa kanyang puso ay hindi kayang palitan ng kanyang mga anak o anumang piraso ng ari-arian. Sa panahon ng unang tukso kay Job, ipinakita niya sa Diyos na walang kapantay ang kanyang pag-ibig para sa Kanya at ang kanyang pagmamahal sa daan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan. Ang pagsubok na ito ay nagbigay lamang kay Job ng karanasan na makatanggap ng gantimpala mula sa Diyos na si Jehova at matanggalan Niya ng ari-arian at mga anak.

Para kay Job, ito ay isang tunay na karanasan na naglinis sa kanyang kaluluwa; ito ay isang pagbibinyag ng buhay na nakatupad sa kanyang pag-iral, at, higit pa rito, isa

itong masaganang kapistahan na sumubok sa kanyang pagiging masunurin, at takot sa Diyos. Binago ng panunuksong ito ang katayuan ni Job mula sa pagiging isang mayamang tao, siya ay naging isang taong walang pag-aari, at ipinaranas din sa kanya ang pagmamalupit ni Satanas sa sangkatauhan. Hindi naging dahilan ang kanyang paghihikahos upang kapootan niya si Satanas, sa halip, sa mga mapang-alipustang gawain ni Satanas, nakita niya ang kapangitan at kasuklam-suklam na kalagayan ni Satanas, pati na rin ang poot at paghihimagsik ni Satanas sa Diyos, at mas hinikayat siya nito na habambuhay na panghawakan ang daan na may takot sa Diyos at iwasan ang kasamaan. Isinumpa niya na hindi niya kailanman tatalikuran ang Diyos at hindi niya kailanman tatalikuran ang daan ng Diyos dahil sa mga panlabas na kadahilanan gaya ng ari-arian, mga anak o mga kamag-anak, at hindi siya kailanman magiging alipin ni Satanas, ng ari-arian, o ng sinumang tao; bukod sa Diyos na si Jehova, walang iba pang maaaring maging Panginoon o Diyos niya. Iyon ang mga hangarin ni Job. Sa kabilang banda, nakakuha rin si Job ng isang bagay sa tuksong ito: Nagkamit siya ng malaking kayamanan sa gitna ng mga pagsubok na ibinigay sa kanya ng Diyos.

Sa kanyang buhay sa mga nakaraang ilang dekada, pinagmasdan ni Job ang mga gawa ni Jehova at nakamit ang mga biyaya ng Diyos na si Jehova para sa kanya. Mga biyaya ang mga ito na nagdulot sa kanya ng labis na pagkabalisa at pagkakaroon ng utang na loob, dahil naniwala siya na wala pa siyang ginagawa para sa Diyos, ngunit pinamanahan na siya ng maraming biyaya at nagtamasa na ng napakaraming pagpapala. Dahil dito, madalas siyang nanalangin sa kanyang puso, umaasa siya na makakabayad siya sa Diyos, umaasa na mabibigyan siya ng pagkakataon na magpatotoo sa mga gawa at kadakilaan ng Diyos, at umaasa na susubukin ng Diyos ang kanyang pagiging masunurin, at, higit pa rito, magiging dalisay ang kanyang pananampalataya, hanggang sa sang-ayunan ng Diyos ang kanyang pagiging masunurin at pananampalataya. At nang dumating ang pagsubok kay Job, naniwala siya na narinig ng Diyos ang kanyang mga panalangin. Pinahalagahan ni Job ang pagkakataong ito nang higit pa sa anumang bagay, at dahil dito hindi siya nangahas na ipagsawalang bahala ito, dahil ang kanyang pinakadakilang hangarin sa buhay ay maaari nang maganap. Nangahulugang sa pagdating ng pagkakataong ito, ang kanyang pagsunod at takot sa Diyos ay maaaring malagay sa pagsubok, at maaaring maging dalisay. Bukod pa rito, nangahulugan ito na may pagkakataon na si Job na makuha ang pagsang-ayon ng Diyos, at sa gayon ay mas mapapalapit siya sa Diyos. Sa panahon ng pagsubok, ang ganitong pananampalataya at paghahangad ang lalong nagpa-igting ng pagiging perpekto niya, at nagpatamo ng malalim na pagkaunawa ng kalooban ng Diyos. Lalo ring nagpasalamat si Job sa mga pagpapala at biyaya ng Diyos, nagbuhos siya ng mas maraming papuri sa mga gawa ng Diyos sa kanyang puso, at siya ay mas nagkaroon ng takot at paggalang sa Diyos, at naghangad pa lalo ng pagiging kaibig-ibig, kadakilaan, at kabanalan ng Diyos. Sa oras na ito, kahit na si Job ay isa pa ring tao na may takot sa Diyos at umiiwas sa masama sa paningin ng Diyos, dahil sa kanyang mga karanasan, lalong lumago ang

kanyang pananampalataya at kaalaman: Nadagdagan ang kanyang pananampalataya, nagkaroon ng matatag na pinanghahawakan ang kanyang pagiging masunurin, at lalong lumalim ang kanyang takot sa Diyos. Kahit binago ng pagsubok na ito ang espiritu at buhay ni Job, hindi nito napasiya si Job, at hindi rin nito pinabagal ang kanyang pag-unlad. Kasabay ng kanyang pagtatantiya sa napakinabangan niya mula sa pagsubok na ito, at habang iniisip niya ang kanyang sariling mga pagkukulang, tahimik siyang nanalangin, naghihintay sa pagdating ng susunod na pagsubok sa kanya, sapagkat naghahangad siya na tumaas pa ang kanyang pananampalataya, pagiging masunurin, at takot sa Diyos sa susunod na pagsubok ng Diyos.

Pinagmamasdan ng Diyos ang pinakamalalim na saloobin ng tao at lahat ng sinasabi at ginagawa ng tao. Nakarating sa pandinig ng Diyos na si Jehova ang mga saloobin ni Job, at dininig ng Diyos ang kanyang mga panalangin, at sa ganitong paraan dumating ang sumunod na pagsubok ng Diyos gaya ng inaasahan.

Sa Gitna ng Sukdulang Paghihirap, Tunay na Naunawaan ni Job ang Pangangalaga ng Diyos sa Sangkatauhan

Kasunod ng mga katanungan ng Diyos na si Jehova kay Satanas, palihim na nagsasaya si Satanas. Dahil alam nito na muli itong pinahihintulutang lusubin ang isang tao na perpekto sa paningin ng Diyos—na para kay Satanas, ito ay isang bihirang pagkakataon. Nais ni Satanas na gamitin ang pagkakataong ito upang ganap na pahinain ang paniniwala ni Job, upang mawala ang kanyang pananampalataya sa Diyos at sa gayon ay hindi na siya matakot sa Diyos o magpuri sa pangalan ni Jehova. Magbibigay ito ng pagkakataon kay Satanas: Anuman ang lugar o oras, maaari nitong gawin si Job na isang laruang nauutusan nito. Itinago ni Satanas ang masasamang balak nito nang walang anumang bakas, ngunit hindi nito maaaring itago ang masamang kalikasan nito. Ang katunayang ito ay ipinapahiwatig sa sagot nito sa mga salita ng Diyos na si Jehova, gaya ng nakatala sa mga kasulatan: “At si Satanas ay sumagot kay Jehova, at nagsabi, ‘Balat kung balat, oo, lahat na tinatangkilik ng tao ay ibibigay dahil sa kanyang buhay. Ngunit pagbuhatan Mo ngayon ng iyong kamay, at galawin Mo ang kanyang buto at ang kanyang laman, at kanyang susumpain Ka ng mukhaan’” (Job 2:4–5). Imposibleng hindi makakuha ng mahalagang kaalaman at kabatiran tungkol sa malisyosong katangian ni Satanas sa palitang ito sa pagitan ng Diyos at ni Satanas. Pagkarinig sa mga kamaliang ito ni Satanas, walang dudang magkakaroon ang lahat ng nagmamahal sa katotohanan at namumuhi sa kasamaan ng mas malaking galit sa kawalan ng dangal at kawalan ng kahihyan ni Satanas, makakaramdam ng galit at pandidiri sa mga kasinungalingan ni Satanas, at, kasabay nito, ay mag-aalok ng malalalim na dasal at masusugid na hiling para kay Job, manalangin na makakamtan ng matuwid na taong ito ang pagiging perpekto, hihiling na ang taong ito na may takot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan ay habambuhay na mapagtagumpayan ang mga tukso ni Satanas, at mabuhay sa liwanag, at mabuhay sa gitna ng patnubay at mga biyaya ng Diyos; gayundin, ang mga ganitong

tao ay hihiling na habambuhay na magpatuloy ang mga makatuwirang gawa ni Job at magpalakas ng kalooban ng lahat ng mga tumatahak sa daan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan. Bagama't makikita ang malisyosong layunin ni Satanas sa pagpapahayag na ito, agad na pumayag ang Diyos sa "kahilingan" ni Satanas—ngunit nagbigay rin Siya ng isang kondisyon: "Siya'y nasa iyong kamay; ingatan mo lamang ang kanyang buhay" (Job 2:6). Dahil sa pagkakataong ito, hiniling ni Satanas na maiunat nito ang kamay nito upang makapaminsala sa mga buto at laman ni Job, sinabi ng Diyos, "ingatan mo lamang ang kanyang buhay." Ang kahulugan ng mga salitang ito ay ibinigay Niya ang laman ni Job kay Satanas, ngunit ang buhay ni Job ay nasa mga kamay pa rin ng Diyos. Hindi maaaring kunin ni Satanas ang buhay ni Job, ngunit maliban dito, maaari nitong gamitin ang anumang pamamaraan laban kay Job.

Pagkatapos makuha ang pahintulot ng Diyos, mabilisang pumunta si Satanas kay Job at iniunat ang kamay nito upang magdala ng sakit sa balat ni Job, at lagyan ang buong katawan ng mahahapding pigsa, at naramdaman ni Job ang sakit sa kanyang balat. Pinuri ni Job ang pagiging kamangha-mangha at kabanalan ng Diyos na si Jehova, na mas lalong nagpasidhi ng kapangahasan ni Satanas. Dahil nakadama ito ng kaligayahan sa pamaminsala sa tao, iniunat ni Satanas ang kamay nito at kinayas ang laman ni Job, na naging dahilan upang magnana ang kanyang mahahapding pigsa. Agad na naramdaman ni Job ang walang kapantay na sakit at paghihirap sa kanyang laman, at wala siyang magagawa kundi ang hilutin ang sarili niya mula ulo hanggang paa gamit ang kanyang mga kamay, na para bang mapapawi nito ang dagok na tinanggap ng kanyang espiritu na nanggaling sa sakit ng laman na ito. Naunawaan niya na nasa tabi niya ang Diyos na nagmamasid sa kanya, at ginawa niya ang kanyang makakaya upang magpakatatag. Minsan pa siyang lumuhod sa lupa, at nagsabi: "Tumitingin Ka sa loob ng puso ng tao, napagmamasdan Mo ang kanyang paghihirap. Bakit Ka nababahala sa kahinaan niya? Purihin ang pangalan ng Diyos na si Jehova." Nakita ni Satanas ang matinding sakit na naramdaman ni Job, pero hindi nito nakitang itinakwil ni Job ang pangalan ng Diyos na si Jehova. Dahil dito, buong pagmamadali itong nag-unat ng kamay upang saktan ang mga buto ni Job, desperado na baliin ang kanyang mga binti at braso. Sa isang iglap, nadama ni Job ang walang kapantay na paghihirap; na para bang pinunit ang kanyang laman mula sa kanyang mga buto, at tila unti-unting dinudurog ang kanyang mga buto. Ang matinding pagdurusang ito ang dahilan kung bakit naisip niya na mas mabuti pa ang mamatay.... Umabot na sa hangganan ang kanyang kakayahang magtiis.... Nais niyang sumigaw, nais niyang pilasin ang balat sa kanyang katawan upang bawasan ang sakit—ngunit pinigilan niya ang kanyang pagsigaw, at hindi niya pinilas ang balat sa kanyang katawan, sapagkat hindi niya nais na makita ni Satanas ang kanyang kahinaan. At muli siyang lumuhod, ngunit sa pagkakataong ito ay hindi niya nadama ang presensya ng Diyos na si Jehova. Alam ni Job na ang Diyos na si Jehova ay madalas na nasa kanyang harapan, likuran, at magkabilang panig. Ngunit sa panahon ng kanyang paghihirap, ang Diyos ay hindi kailanman tumingin; tinakpan Niya ang Kanyang mukha at

nagtago, dahil ang kahulugan ng Kanyang paglikha sa tao ay hindi upang pahirapan ang tao. Noong mga panahong ito, si Job ay umiiyak, at ginagawa ang lahat ng kanyang makakaya upang pagtiisan ang pisikal na sakit, subalit hindi niya mapigilan ang sarili niya na magpasalamat sa Diyos: “Ang tao ay bumabagsak sa unang dagok, siya ay mahina at walang kapangyarihan, siya ay musmos at mangmang—bakit Mo nanaisin na maging mapag-alaga at mapagmahal sa kanya? Hinampas Mo ako, ngunit nasasaktan Kang gawin ito. Anong mayroon ang tao na karapat-dapat sa Iyong pag-aalaga at pag-aalala?” Umabot ang mga panalangin ni Job sa mga tainga ng Diyos, at ang Diyos ay tahimik, nanonood lamang nang walang imik.... Matapos subukan ang lahat ng pakana na nasa libro at hindi nagtagumpay, tahimik na umalis si Satanas, ngunit hindi dito natapos ang mga pagsubok ng Diyos kay Job. Dahil ang kapangyarihan ng Diyos na nahayag kay Job ay hindi naisapubliko, ang kuwento ni Job ay hindi nagtapos sa pag-atras ni Satanas. Sa pagpasok ng ibang mga tauhan, marami pang kamangha-manghang eksena ang paparating.

Ang Isa pang Pagpapamalas ng Takot ni Job sa Diyos at Pag-iwas sa Kasamaan ay ang Kanyang Pagpupuri sa Pangalan ng Diyos sa Lahat ng Bagay

Pinagdusahan ni Job ang pamiminsala ni Satanas, ngunit hindi pa rin niya itinakwil ang pangalan ng Diyos na si Jehova. Ang kanyang asawa ang unang nagpakita at umatake kay Job sa pamamagitan ng pagganap sa katauhan ni Satanas sa paraang makikita ng tao. Inilalarawan ito sa orihinal na teksto nang ganito: “Nang magkagayo’y sinabi ng kanyang asawa sa kanya, ‘Pinananatili mo pa rin ba ang iyong integridad? Sumpain mo ang Diyos, at mamatay ka’” (Job 2:9). Ito ang mga salitang sinabi ni Satanas na nagbabalat-kayong tao. Ang mga ito ay isang pag-atake, at isang bintang, pati na rin pang-aakit, tukso, at paninirang-puri. Matapos mabigo sa pag-atake sa laman ni Job, tuluyang inatake ni Satanas ang integridad ni Job, na gustong gamitin ito upang isuko ni Job ang kanyang integridad, talikuran ang Diyos, at hindi na magpatuloy sa pamumuhay. Tulad nito, gusto ring gamitin ni Satanas ang mga salitang ito upang tuksuhin si Job: Kung itinakwil ni Job ang pangalan ni Jehova, hindi niya kailangang pagtiisan ang ganoong paghihirap; maaari niyang mapalaya ang kanyang sarili mula sa paghihirap ng laman. Nahaharap sa payo ng kanyang asawa, pinagsabihan siya ni Job sa pagsasabing, “Ikaw ay nagsasalita na gaya ng pagsasalita ng isa sa mga hangal na babae. Ano? Tatanggap ba tayo ng mabuti sa kamay ng Diyos, at hindi tayo tatanggap ng masama?” (Job 2:10). Matagal nang alam ni Job ang mga salitang ito, ngunit pinatunayan ng pagkakataong ito ang katotohanan na alam nga ni Job ang mga ito.

Noong pinayuhan siya ng kanyang asawa na sumpain ang Diyos at mamatay na, ang ibig nitong sabihin ay: “Ganito ka tratuhin ng Diyos mo, bakit hindi mo Siya isumpa? Paano mo pa nagagawang mabuhay? Hindi patas sa iyo ang iyong Diyos, ngunit sinasabi

mo pa rin na ‘purihin ang pangalan ni Jehova.’ Paano Niya nagagawang magdulot ng sakuna sa iyo samantalang pinupuri mo ang Kanyang pangalan? Magmadali ka at talikuran mo ang pangalan ng Diyos, at huwag ka nang sumunod sa Kanya. Sa ganitong paraan, matatapos ang mga problema mo.” Sa mga sandaling ito, nakita ang pagpapatotoo na ninais na makita ng Diyos kay Job. Walang karaniwang tao na makapagpapatotoo nang ganito, at hindi rin natin ito nababasa sa anumang mga kuwento sa Bibliya—ngunit nakita na ng Diyos ang mga ito bago pa man sinabi ni Job ang mga naturang mga salita. Gusto lamang gamitin ng Diyos ang pagkakataong ito upang pahintulutan si Job na patunayan sa lahat na ang Diyos ay tama. Nahaharap sa payo ng kanyang asawa, hindi lamang hindi isinuko ni Job ang kanyang integridad o kaya ay tumalikod sa Diyos, kundi sinabi rin niya sa kanyang asawa: “Tatanggap ba tayo ng mabuti sa kamay ng Diyos, at hindi tayo tatanggap ng masama?” May bigat ba ang mga salitang ito? Dito, mayroon lamang isang katotohanan na kayang magpatunay sa bigat ng mga salitang ito. Ang bigat ng mga salitang ito ay na pinagtibay ng Diyos ang mga ito sa Kanyang puso, ang mga ito ang ninais ng Diyos, ang mga ito ang ninais na marinig ng Diyos, at ang mga ito ang kalalabasang hinangad na makita ng Diyos; ang mga salitang ito rin ang pinakamahalagang bahagi ng patotoo ni Job. Dito, napatunayan ang pagiging perpekto, pagkamatuwid, pagkakaroon ng takot sa Diyos, at pag-iwas ni Job sa kasamaan. Ang kahalagahan ni Job ay nakasalalay sa kung paano, nang tuksuhin siya, at kahit noong puno ang kanyang buong katawan ng mga namamagang pigsa, noong pinagtiisan niya ang sukdulang paghihirap, at noong pinayuhan siya ng kanyang asawa at kamag-anak, nasabi pa rin niya ang ganoong mga salita. Sa madaling salita, sa kanyang puso, naniniwala siya na kahit ano pang tukso, o gaano man kabigat ang pagtitiis o paghihirap, kahit pa dumating ang kamatayan sa kanya, hindi siya tatalikod sa Diyos o tatanggi sa daan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan. Samakatwid, nakikita mo na hawak ng Diyos ang pinakamahalagang lugar sa kanyang puso, at na ang Diyos lamang ang nasa kanyang puso. Dahil dito kaya mababasa natin ang mga paglalarawan sa kanya sa Kasulatan bilang: Sa lahat ng ito ay hindi nagkasala si Job sa pamamagitan ng kanyang mga labi. Siya ay hindi lamang di-nagkasala sa kanyang mga labi, kundi maging sa kanyang puso, hindi siya nagreklamo tungkol sa Diyos. Hindi siya nagsabi ng masasakit na salita tungkol sa Diyos, at hindi rin siya nagkasala laban sa Diyos. Hindi lamang basta pinagpala ng kanyang bibig ang pangalan ng Diyos, ngunit sa kanyang puso ay pinuri rin niya ang pangalan ng Diyos; ang kanyang bibig at puso ay iisa. Ito ang tunay na Job na nakita ng Diyos, at ito ang tunay na dahilan kung bakit pinahalagahan ng Diyos si Job.

Ang Maraming Maling Pagkakaintindi ng mga Tao Tungkol kay Job

Ang paghihirap na naranasan ni Job ay hindi gawain ng mga sugong ipinadala ng Diyos, at hindi rin ito sanhi ng sariling kamay ng Diyos. Sa halip, ito ay dulot mismo ni

Satanas, ang kaaway ng Diyos. Bilang resulta, malalim ang antas ng paghihirap na naranasan ni Job. Ngunit sa sandaling ito, walang pagpipigil na ipinakita ni Job ang pang-araw-araw niyang kaalaman sa Diyos sa kanyang puso, ang mga prinsipyo ng kanyang pang-araw-araw na mga pagkilos, at ang kanyang mga saloobin sa Diyos—at ito ang katotohanan. Kung si Job ay hindi natukso, kung ang Diyos ay hindi nagdala ng pagsubok kay Job, noong sinabi ni Job, “Si Jehova ang nagbigay, at si Jehova ang nag-alis; purihin ang pangalan ni Jehova,” sasabihin mo na ipokrito si Job; binigyan siya ng Diyos ng maraming ari-arian, kung kaya’t nararapat lamang na basbasan niya ang pangalan ni Jehova. Kung, bago sumailalim sa mga pagsubok, sinabi ni Job na, “Tatanggap ba tayo ng mabuti sa kamay ng Diyos, at hindi tayo tatanggap ng masama?” sasabihin mo na may kalabisan ang sinasabi ni Job, at na hindi niya itatakwil ang pangalan ng Diyos dahil madalas siyang pinagpapala ng kamay ng Diyos. Sasabihin mo na kung nagdala ang Diyos ng sakuna sa kanya, siguradong itatakwil niya ang pangalan ng Diyos. Ngunit nang matagpuan ni Job ang kanyang sarili sa mga kalagayang hindi nanaisin ninuman, o nanaising makita, mga kalagayan na walang sinumang magnanais na maranasan, na katatakutan nilang maranasan, mga kalagayan na hindi kayang pagmasdan maging ng Diyos, nagawa pa rin ni Job na panghawakan ang kanyang integridad: “Si Jehova ang nagbigay, at si Jehova ang nag-alis; purihin ang pangalan ni Jehova,” at “tatanggap ba tayo ng mabuti sa kamay ng Diyos, at hindi tayo tatanggap ng masama?” Sa kanilang pagharap sa asal ni Job noong mga oras na ito, ang mga mahilig magsabi ng matatayog na mga salita, at ang mga nagsasalita ng mga titik at doktrina ay natatahimik. Ang mga pumupuri sa pangalan ng Diyos sa salita lamang, ngunit hindi pa kailanman tinanggap ang mga pagsubok ng Diyos, ay kinokondena ng matibay na integridad na pinanghawakan ni Job, at ang mga hindi kailanman naniwala na kayang manindigan ng tao sa daan ng Diyos ay hinatulan ng patotoo ni Job. Nahaharap sa pag-uugali ni Job sa panahong ito ng mga pagsubok at sa mga salita na kanyang binigkas, may mga taong malilito, may mga maiinggit, may magdududa, at may iba na magmumukhang hindi interesado, hindi maniniwala sa patotoo ni Job dahil hindi lang nila nakikita ang paghihirap na naranasan ni Job sa panahon ng kanyang mga pagsubok, at nababasa ang mga salitang binigkas ni Job, kundi nakikita rin nila ang “kahinaan” ng tao na ipinakita ni Job nang dumating ang mga pagsubok sa kanya. Pinaniniwalaan nila na ang “kahinaan” na ito ay isang kasiraan sa pagiging perpekto ni Job, ang dungis sa isang tao na perpekto sa paningin ng Diyos. Ibig sabihin, pinaniniwalaang ang mga perpekto ay walang kamalian, walang dungis o mantsa, wala silang mga kahinaan, walang nalalaman sa pasakit, hindi sila kailanman nakaramdam ng lungkot o lumbay, at wala silang galit o anumang panlabas na malubhang asal; bunga nito, ang higit na maraming tao ay hindi naniniwalang tunay na perpekto si Job. Hindi sumasang-ayon ang mga tao sa karamihan ng kanyang inasal noong panahon ng kanyang mga pagsubok. Halimbawa, noong mawala kay Job ang kanyang mga ari-arian at mga anak, hindi siya umiyak, na inaasahan ng mga tao na gagawin niya. Dahil sa kanyang “kawalan ng

kagandahang-asal” inisip ng mga tao na malamig ang kanyang puso, dahil hindi siya umiyak, o nagpakita ng pagmamahal para sa kanyang pamilya. Ito ang masamang impresyon na unang nakikita ng mga tao kay Job. Mas nakakagulo sa isip nila ang asal niya matapos nito: “Pinunit ang kanyang balabal” ay ipinaliwanag ng mga tao bilang kawalan niya ng galang sa Diyos, at ang “inahitan ang kanyang ulo” ay pinaniniwalaang paglapastangan at paglaban niya sa Diyos. Bukod sa mga salita ni Job na “Si Jehova ang nagbigay, at si Jehova ang nag-alis; purihin ang pangalan ni Jehova,” hindi nakita ng mga tao ang pagiging matuwid ni Job na pinuri ng Diyos, at sa gayon, ang pagsusuri kay Job ng karamihan sa kanila ay puro kawalan ng pagkakaunawa, maling pagkakaintindi, pag-aalinlangan, pagkokondena, at pagsang-ayon sa teorya lamang. Wala sa kanila ang tunay na nakakaintindi at nakakapagpahalaga sa mga salita ng Diyos na si Jehova na si Job ay isang perpekto at matuwid na tao, na natatakot sa Diyos at umiiwas sa masama.

Batay sa mga nabanggit sa itaas na impresyon nila kay Job, mas lalong pinagdududahan ng mga tao ang pagiging matuwid ni Job, dahil ang mga ikinilos at asal ni Job na nakasaad sa mga kasulatan ay hindi nakaaantig nang husto gaya ng iniisip ng mga tao. Hindi lamang siya walang naisagawa na anumang dakilang gawa, kumuha pa siya ng isang basag na palayok upang ipangkayod sa kanyang sarili habang siya ay nakaupo sa mga abo. Dahil din sa kilos na ito, nagugulat ang mga tao at pinagdududahan nila—at itinataggi pa—ang pagiging matuwid ni Job, dahil habang kinakayod niya ang kanyang sarili, hindi siya nagdasal o nangako sa Diyos; at higit pa rito, hindi rin siya nakitang umiyak sa sakit. Sa oras na ito, nakikita lamang ng mga tao ang kahinaan ni Job at wala nang iba, at dahil dito, kahit na narinig nila si Job na nagsabing “Tatanggap ba tayo ng mabuti sa kamay ng Diyos, at hindi tayo tatanggap ng masama?” talagang hindi sila natitinag, o hindi nagbabago ang kanilang paniniwala, at hindi pa rin nila maintindihan ang pagiging matuwid ni Job ayon sa kanyang mga salita. Ang pangunahing impresyon na ibinibigay ni Job sa mga tao sa panahon ng kanyang paghihirap sa mga pagsubok ay ang hindi siya natakot o nagyabang. Hindi nakikita ng mga tao ang mga kuwento sa likod ng kanyang pag-uugali na nagmula sa kaibuturan ng kanyang puso, at hindi rin nila nakikita ang takot sa Diyos sa loob ng kanyang puso o ang pagsunod sa prinsipyo ng daan ng pag-iwas sa kasamaan. Ang kanyang kahinahunan ang dahilan kung bakit iniisip ng mga tao na ang kanyang pagiging perpekto at matuwid ay mga walang saysay na salita lamang, na ang kanyang takot sa Diyos ay sabi-sabi lamang; samantala, ang “kahinaan” na ipinakita niya ay nag-iiwan ng malalim na impresyon sa kanila, nagbibigay sa kanila ng “bagong pananaw” at “bagong pagkaunawa” sa taong inilalarawan ng Diyos bilang perpekto at matuwid. Napatunayan ang ganitong “bagong pananaw” at “bagong pag-unawa” noong buksan ni Job ang kanyang bibig at isumpa ang araw na ipinanganak siya.

Bagama’t hindi mailarawan at hindi kayang unawain ng sinumang tao ang antas ng paghihirap na pinagdaanan niya, wala siyang sinabi na anumang maling pananampalataya

na salita, kundi binawasan lamang niya ang sakit na kanyang nararamdaman sa pamamagitan ng sarili niyang pamamaraan. Gaya ng nakatala sa Kasulatan, sinabi niya: “Maparam nawa ang araw ng kapanganakan sa akin, at ang gabi na nagsabi, may lalaking ipinaglihi” (Job 3:3). Marahil, hindi itinuring ng sinuman na mahalaga ang mga salitang ito, at marahil may mga taong nagbigay-pansin sa mga ito. Sa inyong pananaw, ang ibig ba nilang sabihin ay nilabanan ni Job ang Diyos? Mga reklamo ba ang mga ito laban sa Diyos? Alam Kong marami sa inyo ang may ilang ideya tungkol sa mga salitang ito na sinabi ni Job at naniniwalang kung perpekto at matuwid si Job, hindi dapat siya nagpakita ng anumang kahinaan o pagdadalamhati, at sa halip ay hinarap ang anumang pagsubok mula kay Satanas sa positibong paraan, at may ngiti pa sa harap ng mga panunukso ni Satanas. Hindi dapat siya nagpakita ng anumang reaksiyon sa anumang paghihirap na idinulot ni Satanas sa katawan niya, at hindi siya dapat nagpakita ng kahit anong damdamin mula sa kanyang puso. Dapat nga ay hiningi pa niya sa Diyos na gawing mas malupit ang mga pagsubok na ito. Ito ang dapat na ipinapakita at tinataglay ng isang taong matibay at tunay na may takot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan. Sa gitna ng ganitong matinding paghihirap, isinumpa lang ni Job ang araw ng kanyang kapanganakan. Hindi siya nagreklamo tungkol sa Diyos, at lalong hindi siya nagbalak na kalabanin ang Diyos. Mas madali itong sabihin kaysa gawin, dahil mula pa sa sinaunang panahon hanggang ngayon, wala pang sinuman ang nakaranas ng ganoong mga tukso o nagdusa gaya ng pinagdaanan ni Job. At bakit wala pang sinuman ang napasailalim sa tuksong katulad ng dumating kay Job? Dahil, ayon sa nakikita ng Diyos, walang sinuman ang may kakayahang magpasan ng ganitong pananagutan o tagubilin, walang makagagawa gaya ng ginawa ni Job, at, higit pa rito, walang sinuman, bukod sa pagsumpa sa araw ng kanilang kapanganakan, ang may kakayahang hindi talikuran ang pangalan ng Diyos at patuloy na purihin ang pangalan ng Diyos na si Jehova, kagaya ng ginawa ni Job noong dumanas siya ng ganoong paghihirap. Mayroon bang kayang gumawa nito? Kapag sinasabi natin ito tungkol kay Job, pinupuri ba natin ang kanyang pag-uugali? Siya ay isang lalaking matuwid, at kayang magpatotoo nang ganoon sa Diyos, at kayang palayasin si Satanas nang hawak sa mga kamay nito ang sariling ulo, kung kaya’t hindi na ito muling lumapit sa harap ng Diyos upang akusahan siya—kaya ano ang mali sa pagpuri sa kanya? Maaari bang mas mataas ang mga pamantayan ninyo kaysa sa Diyos? Dahil ba magiging mas mahusay kayo kaysa kay Job kapag dumating ang mga pagsubok sa inyo? Si Job ay pinuri ng Diyos—anong pagtutol ang mayroon kayo?

Isinusumpa ni Job ang Araw ng Kanyang Kapanganakan Dahil Hindi Niya Gustong Masaktan ang Diyos nang Dahil sa Kanya

Madalas Kong sabihin na tumitingin ang Diyos sa puso ng mga tao, habang ang mga tao ay tumitingin sa panlabas na anyo ng mga tao. Dahil ang Diyos ay tumitingin sa puso ng mga tao, nauunawaan Niya ang kanilang diwa, samantalang inilalarawan ng

mga tao ang diwa ng ibang tao batay sa kanilang panlabas na anyo. Noong binuksan ni Job ang kanyang bibig at isumpa ang araw ng kanyang kapanganakan, ginulat nito ang lahat ng mga kilalang espirituwal, kabilang na ang tatlong kaibigan ni Job. Ang tao ay nanggaling sa Diyos, at dapat na nagpapasalamat para sa buhay at laman, pati na rin sa araw ng kanyang kapanganakan, na ibinigay sa kanya ng Diyos, at hindi niya dapat isumpa ang mga ito. Ito ang bagay na kayang maunawaan at maisip ng mga ordinaryong tao. Para sa sinumang sumusunod sa Diyos, ang pang-unawang ito ay banal at hindi dapat lapastanganin, at ito ay isang katotohanan na hindi kailanman magbabago. Sa kabilang banda, nilabag ni Job ang mga patakaran: Isinumpa niya ang araw ng kanyang kapanganakan. Isa itong pagkilos na itinuturing ng mga karaniwang tao na pagtawid sa ipinagbabawal na lupain. Si Job ay hindi lamang walang karapatan sa pang-unawa at simpatiya ng mga tao, wala rin siyang karapatan sa kapatawaran ng Diyos. Kasabay nito, mas marami pang tao ang nagduda sa pagiging matuwid ni Job, dahil tila naging mapagpalayaw si Job sa sarili bunga ng kabutihan ng Diyos sa kanya; naging sobrang mapangahas at walang ingat siya dahil dito kung kaya't hindi lamang siya hindi nagpasalamat sa Diyos sa mga biyaya at pag-aalaga ng Diyos sa kanya sa buong buhay niya, kundi isinumpa niya ang araw ng kanyang kapanganakan sa punto ng pagkawasak. Kung hindi ito paglaban sa Diyos, ano ito? Ang ganitong mga kababawan ay nagbibigay sa mga tao ng patunay upang kondenahin ang ginawang ito ni Job, ngunit sino ang makakaalam ng tunay na iniisip ni Job sa oras na iyon? At sino ang makakaalam kung bakit kumilos si Job nang ganoon? Tanging ang Diyos at si Job lamang ang may alam ng tunay na kuwento at ng mga dahilan nito.

Noong iniunat ni Satanas ang kamay nito upang saktan ang mga buto ni Job, nahulog si Job sa mga kuko nito, nang walang paraan upang makatakas o lakas upang makalaban. Nagdusa ang kanyang katawan at kaluluwa ng napakatinding sakit, at dahil dito, nagkaroon siya ng malalim na kamalayan sa kawalang-saysay, kahinaan, at kawalan ng kapangyarihan ng taong namumuhay sa laman. Kasabay nito, nagkaroon din siya ng malalim na pagpapahalaga at pag-unawa kung bakit inaalagaan at iniingatan ng Diyos ang sangkatauhan. Sa mga kuko ni Satanas, naunawaan ni Job na ang tao, na may laman at dugo, ay talagang walang kapangyarihan at mahina. Nang lumuhod siya at nanalangin sa Diyos, nadama niya na tila ba tinatakpan ng Diyos ang Kanyang mukha at nagtatago, sapagkat ganap na siyang inilagay ng Diyos sa mga kamay ni Satanas. Kasabay nito, ang Diyos ay umiyak din para sa kanya, at, higit pa rito, nasaktan para sa kanya; ang Diyos ay nasaktan dahil sa naramdaman niyang sakit, at nasugatan dahil sa kanyang mga sugat.... Nadama ni Job ang sakit na naramdaman ng Diyos, at kung gaano ito kahirap para sa Diyos.... Ayaw na ni Job na magdulot ng karagdagang pighati sa Diyos, at hindi rin niya nais na umiyak ang Diyos para sa kanya, at lalong hindi niya nais na makitang nasasaktan ang Diyos dahil sa kanya. Sa sandaling ito, ang nais lamang ni Job ay ang ihiwalay ang sarili niya sa kanyang laman upang hindi na kailangang tiisin ang sakit na dala sa kanya ng laman na ito, dahil ito ang makakapigil sa paghihirap ng Diyos dahil

sa kanyang sakit—ngunit hindi niya kaya, at kinailangan niyang tiisin hindi lamang ang sakit ng laman, kundi pati ang paghihirap na dala ng kanyang pagnanais na huwag mag-alala ang Diyos. Ang dalawang sakit na ito—isa mula sa laman, at isa mula sa espiritu—ay nagdala ng makabagbag-damdamin at makapanginig-laman na sakit kay Job, at nagparamdam sa kanya kung paanong ang mga limitasyon ng tao, na may dugo at laman, ay maaaring maging dahilan upang ang tao ay makaramdam ng kabiguan at kahinaan. Sa pagdaan sa mga sitwasyong ito, naging mas matindi ang kanyang pananabik sa Diyos, at naging mas matindi ang kanyang pagkamuhi kay Satanas. Sa panahong ito, mas gugustuhin pa ni Job ang hindi siya ipinanganak sa mundo ng tao, mas gugustuhin pa niya ang hindi umiiral, kaysa makita ang Diyos na lumuluha o nasasaktan dahil sa kanyang kapakanan. Nagsimula siyang kasuklaman nang husto ang kanyang laman, mamuhi at mapagod sa kanyang sarili, sa araw ng kanyang kapanganakan, at maging sa lahat ng nagkaroon ng kinalaman sa kanya. Ayaw na niyang makarinig ng tungkol sa kanyang araw ng kapanganakan o sa anumang bagay na may kinalaman dito, kaya binuksan niya ang kanyang bibig at isinumpa ang kanyang pagsilang: “Maparam nawa ang araw ng kapanganakan sa akin, at ang gabi na nagsabi, may lalaking ipinaglihi. Magdilim nawa ang kaarawang yaon; huwag nawang pansinin ng Diyos mula sa itaas, ni sinagan man ng liwanag” (Job 3:3–4). Dala ng mga salita ni Job ang pagkasuklam niya sa kanyang sarili, “Maparam nawa ang araw ng kapanganakan sa akin, at ang gabi na nagsabi, may lalaking ipinaglihi,” pati na ang kanyang pagsisi sa kanyang sarili at pakiramdam na siya ay may pagkakautang dahil naging sanhi siya ng pasakit sa Diyos, “Magdilim nawa ang kaarawang yaon; huwag nawang pansinin ng Diyos mula sa itaas, ni sinagan man ng liwanag.” Ang dalawang siping ito ay ang pinakamainam na pagpapahayag sa nadarama ni Job noon, at ganap na nagpakita ng kanyang pagiging perpekto at matuwid sa lahat. Kasabay nito, gaya ng ninais ni Job, tunay ngang umangat ang kanyang pananampalataya at pagsunod sa Diyos, pati na ang kanyang takot sa Diyos. Tiyak na ang pagtataas na ito mismo ang resultang inaasahan ng Diyos.

Tinalo ni Job si Satanas at Naging Tunay na Tao sa Paningin ng Diyos

Noong unang dinanas ni Job ang kanyang mga pagsubok, kinuha sa kanya ang lahat ng kanyang ari-arian at ang lahat ng kanyang anak, subalit hindi siya nanlumo o nagsabi ng anumang kasalanan laban sa Diyos dahil dito. Napagtagumpayan niya ang mga panunukso ni Satanas, at napagtagumpayan niya ang kanyang materyal na ari-arian, mga anak, at ang pagsubok ng pagkawala ng lahat ng kanyang makamundong ari-arian, na ang ibig sabihin ay nagawa niyang sumunod sa Diyos habang kinukuha ng Diyos ang mga bagay mula sa kanya at nagawa niyang magbigay ng pasasalamat at papuri sa Diyos dahil sa ginawa ng Diyos. Ganito ang asal ni Job sa panahon ng unang panunukso ni Satanas, at ganito rin ang patotoo ni Job sa panahon ng unang pagsubok ng Diyos. Sa ikalawang pagsubok, iniunat ni Satanas ang kamay nito upang pahirapan si Job, at kahit na naranasan ni Job ang mas matindi pang sakit kaysa sa naranasan niya noon,

sapat na ang kanyang patotoo upang mamangha ang mga tao. Ginamit niya ang katatagan ng kanyang loob, pananalig, at pagkamasunurin sa Diyos, pati na ang kanyang takot sa Diyos, upang muling matalo si Satanas, at muling sinang-ayunan at pinaboran ng Diyos ang kanyang asal at patotoo. Sa panahon ng panunuksong ito, ginamit ni Job ang kanyang tunay na asal upang ipahayag kay Satanas na hindi kayang baguhin ng sakit ng laman ang kanyang pananampalataya at pagsunod sa Diyos o alisin ang kanyang katapatan at takot sa Diyos; hindi niya tatalikuran ang Diyos o isusuko ang kanyang pagiging perpekto at matuwid dahil nahaharap siya sa kamatayan. Dahil sa determinasyon ni Job ay naging duwag si Satanas, dahil sa kanyang pananampalataya ay natakot at nanginginig si Satanas, dahil sa sidhi ng kanyang pakikipaglaban kay Satanas sa kanilang laban na buhay o kamatayan ang maaaring kahinatnan, nagkaroon ng malalim na galit at hinagpis si Satanas; dahil sa kanyang pagiging perpekto at matuwid ay wala nang magawa si Satanas sa kanya, kung kaya't tinalikuran ni Satanas ang pag-atake sa kanya at binitiwang ang mga paratang nito laban kay Job sa harap ng Diyos na si Jehova. Nangahulugan ito na napagtagumpayan ni Job ang mundo, napagtagumpayan niya ang laman, napagtagumpayan niya si Satanas, at napagtagumpayan niya ang kamatayan; siya ay isang taong ganap at lubos na pag-aari ng Diyos. Sa panahon ng dalawang pagsubok na ito, naging matatag si Job sa kanyang patotoo, tunay niyang isinabuhay ang kanyang pagiging perpekto at matuwid, at pinalawak ang saklaw ng mga prinsipyo niya sa pamumuhay nang may takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan. Matapos maranasan ang dalawang pagsubok na ito, nagkaroon si Job ng mas mayamang karanasan, at dahil sa karanasang ito, naging mas husto ang kanyang pag-iisip at mas marunong siya, naging mas malakas siya, nagkaroon ng mas matibay na paniniwala, at mas nagtiwala siya sa pagiging tama at pagiging karapat-dapat ng integridad na pinanghahawakan niya. Binigyan si Job ng pagsubok ng Diyos na si Jehova ng malalim na pagkaunawa at kamalayan sa pagmamalasakit ng Diyos sa tao, at ipinaramdam nito sa kanya ang kahalagahan ng pag-ibig ng Diyos, at magmula noon ay naidagdag ang pagsasaalang-alang at pag-ibig para sa Diyos sa kanyang takot sa Diyos. Ang mga pagsubok ng Diyos na si Jehova ay hindi lamang hindi naglayo kay Job mula sa Kanya, kundi mas naglapit ng kanyang puso sa Diyos. Nang umabot sa sukdulan ang sakit sa laman na tiniis ni Job, ang pag-aalalang nadama niya mula sa Diyos na si Jehova ay nagtulak sa kanya na sumpain ang araw ng kanyang kapanganakan. Ang ganitong asal ay hindi matagal na pinagplanuhan, kundi isang natural na paghahayag ng pagsasaalang-alang at pag-ibig sa Diyos mula sa kaibuturan ng kanyang puso, ito ay isang likas na paghahayag na nagmula sa kanyang pagsasaalang-alang at pag-ibig sa Diyos. Ibig sabihin, dahil kinasuklaman niya ang kanyang sarili, at hindi niya nais, at hindi niya matitiis na pahirapan ang Diyos, umabot ang kanyang pagsasaalang-alang at pag-ibig sa punto na hindi na niya iniisip ang kanyang sarili. Sa oras na ito, itinaas ni Job ang kanyang matagal nang pagsamba at pananabik sa Diyos at katapatan sa Diyos sa antas ng pagsasaalang-alang at pagmamahal. Kasabay nito, itinaas din niya ang kanyang

pananampalataya at pagsunod sa Diyos, at takot sa Diyos sa antas ng pagsasaalang-alang at pagmamahal. Hindi niya hinayaan ang kanyang sarili na gumawa ng anumang bagay na magdudulot ng pinsala sa Diyos, hindi niya pinahintulutan ang kanyang sarili na gumawa ng anumang asal na makakasakit sa Diyos, at hindi niya pinayagan ang kanyang sarili na magdala ng anumang dalamhati, pighati, o kahit na kalungkutan sa Diyos dahil sa sarili niyang mga kadahilanan. Sa paningin ng Diyos, bagama't si Job ay ang dati pa ring Job, ang kanyang pananampalataya, pagsunod, at takot sa Diyos ay nagdala ng ganap na kaluguran at kasiyahan sa Diyos. Noong oras na ito, nakamit ni Job ang pagiging perpekto na inasahan ng Diyos na makakamit niya; siya ay naging isang tao na tunay ngang karapat-dapat na tawaging “perpekto at matuwid” sa paningin ng Diyos. Ang kanyang mga matuwid na gawa ang nagbigay sa kanya ng tagumpay laban kay Satanas at nagpatibay ng kanyang patotoo sa Diyos. Gayundin, ang kanyang mga matuwid na gawa ay ginawa siyang perpekto, at nagbigay-daan sa pagtaas ng halaga ng kanyang buhay at pangingibabaw nito nang higit kaysa kailanman, at naging dahilan ang mga ito upang siya ay maging ang kauna-unahang tao na hindi na kailanman aatakihin at tutuksuhin ni Satanas. Dahil si Job ay matuwid, siya ay pinaratangan at tinukso ni Satanas; dahil si Job ay matuwid, siya ay ibinigay kay Satanas; at dahil si Job ay matuwid, napagtagumpayan at tinalo niya si Satanas, at siya ay nanindigan sa kanyang patotoo. Simula noon, si Job ang naging kauna-unahang tao na hindi na kailanman muling ibibigay kay Satanas, talagang humarap siya sa trono ng Diyos at namuhay sa liwanag, sa ilalim ng mga pagpapala ng Diyos nang walang pagmamanman o paninira ni Satanas.... Siya ay naging isang tunay na tao sa paningin ng Diyos; siya ay napalaya ...

Tungkol Kay Job

Pagkatapos matutunan kung paano nalampasan ni Job ang mga pagsubok, malamang ang karamihan sa inyo ay nais na malaman ang higit pang detalye tungkol kay Job mismo, lalo na ang patungkol sa lihim kung saan nakamit niya ang papuri ng Diyos. Kaya ngayon, pag-usapan natin si Job!

Sa Araw-araw na Pamumuhay ni Job Nakikita Natin ang Kanyang Pagkaperpekto, Pagkamatuwid, Takot sa Diyos, at Paglayo sa Kasamaan

Kung tatalakayin natin si Job, dapat tayong magsimula sa pagsusuri sa kanya na galing mismo sa bibig ng Diyos: “Walang gaya niya sa lupa, na sakdal at matuwid na lalaki, na natatakot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan.”

Alamin muna natin ang tungkol sa pagkaperpekto at pagkamatuwid ni Job.

Ano ang inyong pagkaunawa sa mga salitang “perpekto” at “matuwid”? Naniniwala ba kayo na si Job ay walang kasiraan, na siya ay marangal? Tiyak na ito ay magiging isang literal na interpretasyon at pagkaunawa sa mga salitang “perpekto” at “matuwid.” Mahalaga sa tunay na pagkaunawa kay Job ay konteksto ng tunay na buhay—ang mga salita, libro, at teorya lamang ay hindi magbibigay ng anumang sagot. Sisimulan natin

sa pamamagitan ng pagtingin sa buhay ni Job sa tahanan, kung ano ang kanyang karaniwang asal sa kanyang buhay. Sasabihin nito sa atin ang tungkol sa kanyang mga prinsipyo at obhektibo sa buhay, pati na rin ang tungkol sa kanyang personalidad at hangarin. Ngayon, basahin natin ang huling mga salita sa Job 1:3: “Ang lalaking ito ay siyang pinakadakila sa lahat ng mga tao sa silangan.” Ang sinasabi ng mga salitang ito ay na ang katayuan at reputasyon ni Job ay napakataas, at kahit na hindi sinasabi sa atin kung ang dahilan ba ng kanyang pagiging pinakadakila sa lahat ng tao sa silangan ay ang kanyang maraming ari-arian, o dahil siya ay perpekto at matuwid, at may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan, sa pangkalahatan, alam natin na ang katayuan ni Job at reputasyon ay napakahalaga. Gaya ng nakatala sa Bibliya, ang unang tingin ng mga tao kay Job ay siya ay perpekto, na siya ay may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan, at na siya ay nagtataglay ng malaking kayamanan at kagalang-galang na katayuan. Para sa isang pangkaraniwang tao na nakatira sa ganitong kapaligiran at sa ilalim ng naturang mga kondisyon, ang pagkain ni Job, ang kalidad ng kanyang buhay, at ang iba’t ibang aspeto ng kanyang personal na buhay ay ang mga pagtutuunan ng pansin ng karamihan sa mga tao; dahil dito, kailangan nating ipagpatuloy ang pagbabasa ng mga kasulatan: “At ang kanyang mga anak ay nagsiyaon at nagsipagdaos ng kapistahan sa bahay ng bawat isa sa kanya-kanyang kaarawan; at sila’y nangagsugo, at ipinatawag ang kanilang tatlong kapatid na babae upang magsikain at magsiinom na kasalo nila. At nangyari, nang makaraan ang mga araw ng kanilang pagpipista, na si Job ay nagsugo, at pinapagbanal sila, at bumangong maaga sa kinaumagahan, at naghandog ng mga handog na susunugin ayon sa bilang nilang lahat: sapagkat sinabi ni Job, ‘Marahil ang aking mga anak ay nangagkasala, at itinakwil ang Diyos sa kanilang mga puso.’ Ganito ang patuloy na ginawa ni Job” (Job 1:4–5). Ang siping ito ay nagsasabi sa atin ng dalawang bagay: Una, na ang mga anak na lalaki at babae ni Job ay karaniwang nagpipista, na sobrang kumakain at umiinom; pangalawa, si Job ay madalas na nag-aalay ng mga handog na susunugin dahil madalas siyang nag-aalala para sa kanila, natatakot na sila ay nagkakasala, na sa kanilang mga puso ay itinakwil na nila ang Diyos. Dito ay inilarawan ang buhay ng dalawang magkaibang uri ng tao. Ang una ay ang mga anak na lalaki at babae ni Job na madalas na nagpipista dahil sa kanilang yaman, sila ay namumuhay nang marangya, sila ay uminom at kumain hanggang nais nila, at tinatamasa nila ang mataas na kalidad ng buhay na dulot ng materyal na kayamanan. Sa ganitong pamumuhay, hindi maiwasan na madalas silang nagkakasala at nakakasakit sa Diyos—subalit hindi nila pinabanal ang kanilang mga sarili o kaya ay nag-aalay ng mga sinusunog na handog. Nakikita mo, kung gayon, na ang Diyos ay walang lugar sa kanilang mga puso, na hindi nila inisip ang mga biyaya ng Diyos, at hindi sila natakot na magkasala sa Diyos, lalong hindi sila natakot na maitakwil ang Diyos sa kanilang mga puso. Siyempre, ang ating paksa ay hindi nakatuon sa mga anak ni Job, kundi sa kung ano ang ginawa ni Job kapag nahaharap siya sa mga ganitong bagay; ito ang iba pang bagay na inilarawan sa sipi, kung saan ay kabilang

ang araw-araw na buhay ni Job at ang diwa ng kanyang pagkatao. Kapag inilalarawan ng Bibliya ang pagpipista ng mga anak na lalaki at babae ni Job, hindi nababanggit si Job; sinasabi lamang na ang kanyang mga anak na lalaki at babae ay madalas na kumain at uminom nang magkakasama. Sa madaling salita, hindi siya nagdaraos ng mga kapistahan, at hindi rin siya sumasama sa kanyang mga anak na lalaki at babae sa pagkain nang marangya. Kahit mayaman, at nagtataglay ng maraming ari-arian at mga tagapagsilbi, ang buhay ni Job ay hindi maluhó. Siya ay hindi nalinlang ng kanyang marangyang kapaligiran, at hindi niya inabuso ang mga kasiyahan sa laman o kinalimutan na mag-alay ng mga sinusunog na handog dahil sa kanyang kayamanan, at lalong hindi ito naging sanhi nang unti-unting paglayo ng kanyang puso sa Diyos. Kung gayon, maliwanag na disiplinado si Job sa kanyang uri ng pamumuhay, hindi sakim o nakatuon sa kasiyahan bilang bunga ng mga pagpapala sa kanya ng Diyos, at hindi rin nakatuon ang kanyang pansin sa kalidad ng buhay. Sa halip, siya ay mapagpakumbaba at may mababang-loob, hindi siya mahilig magpasikat, at siya ay mapagbantay at maingat sa harap ng Diyos. Madalas niyang ikinokonsidera ang mga biyaya at pagpapala ng Diyos, at patuloy na may takot sa Diyos. Sa kanyang araw-araw na buhay, madalas ay maagang bumabangon si Job upang mag-alay ng mga handog na susunugin para sa kanyang mga anak na lalaki at babae. Sa madaling salita, si Job ay hindi lamang may takot sa Diyos, umasa rin siya na ang kanyang mga anak ay magkakaroon din ng takot sa Diyos at hindi magkakasala laban sa Diyos. Walang lugar sa puso ni Job ang materyal na kayamanan, ni hindi nito napalitan ang posisyon na hawak ng Diyos; maging para sa kapakanan ng kanyang sarili o ng kanyang mga anak, ang lahat ng ikinikilos ni Job araw-araw ay may kinalaman sa pagkakaroon ng takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan. Ang kanyang takot sa Diyos na si Jehova ay hindi tumigil sa kanyang bibig, kundi isinakatuparan niya ito, at ipinakita sa bawat bahagi ng kanyang araw-araw na pamumuhay. Ang aktwal na asal na ito ni Job ay nagpapakita sa atin na siya ay tapat, at nagtaglay ng diwa na may pagmamahal sa katarungan at mga bagay na positibo. Ang madalas na pagsugo at pagpapabanal ni Job sa kanyang mga anak na lalaki at babae ay nangangahulugan na hindi niya pinahintulutan o sinang-ayunan ang asal ng kanyang mga anak; sa halip, sa kanyang puso siya ay dismayado sa kanilang pag-uugali, at kinondena sila. Napagpasyahan niya na ang pag-uugali ng kanyang mga anak na lalaki at babae ay hindi kalugud-lugod sa Diyos na si Jehova, at kaya naman madalas niya silang pagsabihan na pumunta sa harap ng Diyos na si Jehova at ikumpisal ang kanilang mga kasalanan. Ipinapakita sa atin ng mga kilos ni Job ang isa pang bahagi ng kanyang pagkatao, kung saan siya ay hindi kailanman sumama sa mga taong madalas na nagkakasala at sumusuway sa Diyos, at sa halip ay nilayuan at iniwasan ang mga ito. Bagama't ang mga taong ito ay ang kanyang mga anak na lalaki at babae, hindi niya tinalikuran ang kanyang sariling mga prinsipyo ng pagkilos dahil sa sila ay sarili niyang pamilya, at hindi niya pinagbigyan ang kanilang mga kasalanan dahil sa sarili niyang damdamin. Sa halip, hinimok niya silang mangumpisal at makamit ang

kapatawaran ng Diyos na si Jehova, at binigyan niya sila ng babala na huwag talikuran ang Diyos para sa kapakanan ng kanilang mga sariling sakim na kasiyahan. Ang mga prinsipyo kung paano pinakitunguhan ni Job ang iba ay hindi maihihiwalay mula sa mga prinsipyo ng kanyang takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan. Minahal niya ang mga tinanggap ng Diyos, at kinasuklaman ang mga itinaboy ng Diyos; minahal niya ang mga taong may takot sa Diyos sa kanilang mga puso, at kinasuklaman niya ang mga gumagawa ng kasamaan o nagkakasala laban sa Diyos. Ang ganitong pagmamahal at pagkasuklam ay makikita sa kanyang pang-araw-araw na pamumuhay, at ito ang tunay na pagkamatuwid ni Job na nakita ng mga mata ng Diyos. Natural lamang na ito rin ang pagpapahayag at pagsasabuhay ng tunay na pagkatao ni Job sa kanyang mga ugnayan sa iba sa kanyang araw-araw na pamumuhay na dapat nating matutuhan.

Ang mga Pagpapamalas ng Pagkatao ni Job sa Panahon ng Kanyang mga Pagsubok (Pag-unawa sa Pagkaperpekto, Pagkamatuwid, Takot sa Diyos, at Paglayo sa Kasamaan ni Job sa Panahon ng Kanyang mga Pagsubok)

Ang ibinahagi natin sa itaas ay ang iba't ibang aspeto ng pagkatao ni Job na makikita sa kanyang araw-araw na pamumuhay bago ang kanyang mga pagsubok. Walang pag-aalinlangan, ang iba't ibang pagpapamalas na ito ay nagbibigay ng isang paunang pagkilala at pagkaunawa sa pagkamatuwid ni Job, pagkakaroon ng takot sa Diyos, at paglayo sa kasamaan, at natural lamang na nagbibigay ito ng paunang patunay. Ang dahilan kung bakit sinasabi Kong “pauna” ay dahil karamihan sa mga tao ay wala pa ring tunay na pagkaunawa sa personalidad ni Job at sa antas kung paano niya patuloy na tinahak ang daan ng pagsunod at pagkakaroon ng takot sa Diyos. Ibig sabihin, karamihan sa pagkaunawa ng mga tao kay Job ay hindi na lalalim pa kaysa sa tila kasiya-siyang impresyon sa kanya na galing sa mga talata sa Bibliya na naglalaman ng mga salita niyang “Si Jehova ang nagbigay, at si Jehova ang nag-alis; purihin ang pangalan ni Jehova” at “tatanggap ba tayo ng mabuti sa kamay ng Diyos, at hindi tayo tatanggap ng masama?” Dahil dito, mayroong malaking pangangailangan para sa atin na maintindihan kung paano isinabuhay ni Job ang kanyang pagkatao nang tanggapin niya ang mga pagsubok ng Diyos; sa ganitong paraan, makikita ng lahat ang tunay na pagkatao ni Job sa kabuuan nito.

Nang marinig ni Job na ang kanyang mga ari-arian ay ninakaw, na ang kanyang mga anak na lalaki at babae ay binawian ng buhay, at ang kanyang mga tagapagsilbi ay pinatay, ganito ang kanyang naging tugon: “Nang magkagayo’y bumangon si Job, at pinunit ang kanyang balabal, at inahitan ang kanyang ulo, at nagpatirapa sa lupa at sumamba” (Job 1:20). Ang mga salitang ito ay nagsasabi sa atin ng isang katotohanan: Pagkatapos marinig ang balitang ito, si Job ay hindi nasindak, hindi siya umiyak, o kaya ay nanisi ng mga tagapagsilbi na nagdala sa kanya ng balita, at lalong hindi niya siniyasat ang pinangyarihan ng krimen upang suriin at patotohanan ang mga detalye at

alaman kung ano ba talaga ang nangyari. Hindi siya nagpakita ng anumang sakit o kalungkutan sa pagkawala ng kanyang mga ari-arian, at hindi rin siya umiyak nang husto dahil sa pagkawala ng kanyang mga anak at ng kanyang mga mahal sa buhay. Bagkus, pinunit niya ang kanyang balabal, at inahitan ang kanyang ulo, nagpatirapa sa lupa, at sumamba. Ang mga kilos ni Job ay hindi kagaya ng kilos ng pangkaraniwang tao. Nililito ng mga ito ang maraming tao, at pinangaralan nila si Job sa kanilang mga puso dahil sa kanyang “kawalan ng pakiramdam.” Sa biglaang pagkawala ng kanilang mga ari-arian, ang puso ng mga karaniwang tao ay madudurog o mawawalan ng pag-asa—o kaya ay, sa kaso ng ilang tao, maaari itong magtulak sa kanila sa matinding depresyon. Iyon ay dahil, sa kanilang mga puso, ang mga ari-arian ng mga tao ay kumakatawan sa isang habambuhay na pagsisikap—kung saan nakasalalay ang pagkaligtas ng kanilang buhay, ito ang pag-asa na nagpapanatili ng kanilang buhay. Ang pagkawala ng kanilang ari-arian ay nangangahulugan na ang kanilang mga pagsisikap ay nauwi sa wala, na wala na silang pag-asa, at wala na rin silang kinabukasan. Ito ang saloobin ng sinumang karaniwang tao sa kanyang ari-arian at ang kanyang malapit na ugnayan sa mga ito, at ito rin ang kahalagahan ng ari-arian sa mga mata ng tao. Dahil dito, higit na nakakaraming bilang ng mga tao ang nalito sa mahinahong tugon ni Job sa pagkawala ng kanyang ari-arian. Ngayon, aalisin natin ang pagkalito ng lahat ng taong ito sa pamamagitan ng pagpapaliwanag kung ano ang nangyayari sa loob ng puso ni Job.

Ang sentido komun ay nagsasabi na dahil si Job ay nabigyan ng maraming ari-arian ng Diyos, dapat mahiya si Job sa harap ng Diyos dahil sa pagkawala ng mga ari-ariang ito, dahil hindi niya binantayan o inalagaan ang mga ito; hindi niya pinanghawakan ang mga ari-ariang ibinigay sa kanya ng Diyos. Dahil dito, nang marinig niya na ang kanyang ari-arian ay ninakaw, ang kanyang unang dapat na ginawa ay ang pumunta sa pinangyarihan ng krimen at kumuha ng imbentaryo ng lahat ng bagay na nawala, at pagkatapos ay mangumpisal sa Diyos upang maaaring makatanggap siyang muli ng mga pagpapala ng Diyos. Gayunman, hindi ito ang ginawa ni Job, at siya ay likas na may sariling mga dahilan kung bakit hindi niya ito ginawa. Sa kanyang puso, tunay na naniniwala si Job na ang lahat ng kanyang pag-aari ay ibinigay sa kanya ng Diyos, at hindi nanggaling sa sarili niyang paghihirap. Dahil dito, hindi niya nakita ang mga biyayang ito bilang isang bagay na dapat bigyan ng labis na pansin, at sa halip ay nakaangkla ang prinsipyo ng pananatili ng kanyang buhay sa buong lakas niyang pagkapit sa daan na dapat niyang pagtibayin. Itinangi niya ang mga pagpapala ng Diyos at nagpasalamat para sa mga ito, ngunit hindi niya inibig ang mga pagpapala, at hindi siya humingi ng karagdagan ng mga ito. Ganito ang kanyang saloobin tungo sa ari-arian. Wala rin siyang ginawa para lamang makatanggap ng mga pagpapala, o nag-alala, o nasaktan sa kakulangan o kawalan ng mga pagpapala ng Diyos; hindi rin siya naging mabangis at hibang sa kasiyahan dahil sa mga biyaya ng Diyos, hindi niya binalewala ang daan ng Diyos o nakalimutan ang biyaya ng Diyos dahil sa mga biyaya na madalas niyang tinatamasa. Ang saloobin ni Job sa kanyang ari-arian ay nagpapakita sa mga

tao ng kanyang tunay na pagkatao: Una, si Job ay hindi isang sakim na tao, at hindi mapagHINGI ng materyal na bagay sa kanyang buhay. Pangalawa, si Job ay hindi kailanman nag-alala o natakot na kukunin ng Diyos ang lahat ng mayroon siya, na kanyang saloobin sa pagsunod sa Diyos sa kanyang puso; iyon ay, wala siyang mga hiniHINGI o reklamo tungkol sa kung kailan o kung mayroon mang kukunin ang Diyos sa kanya, at hindi siya nagtanong ng dahilan kung bakit, kundi naghanged lamang siya na sumunod sa mga pagsasaayos ng Diyos. Ikatlo, siya ay hindi kailanman naniwala na ang kanyang mga ari-arian ay galing sa sarili niyang paghihirap, kundi ibinigay ang mga ito sa kanya ng Diyos. Ganito ang pananampalataya ni Job sa Diyos, at ito ay isang pahiwatig ng kanyang matibay na paniniwala. Nilinaw ba ng tatlong-puntong buod na ito ang pagkatao ni Job at ang kanyang tunay na hangarin sa araw-araw? Ang pagkatao at hangarin ni Job ay mahalaga sa kanyang mahinahong asal nang kaharapin niya ang pagkawala ng kanyang ari-arian. Iyon ay tiyak na dahil sa kanyang araw-araw na hangarin kaya si Job ay may tayog at matibay na paniniwala na sabihing, “Si Jehova ang nagbigay, at si Jehova ang nag-alis; purihin ang pangalan ni Jehova,” sa panahon ng mga pagsubok ng Diyos. Ang mga salitang ito ay hindi nakamit sa loob lamang ng isang magdamag, at hindi rin basta lumabas ang mga ito sa ulo ni Job. Ang mga ito ay kanyang nakita at natutuhan sa loob ng maraming taon ng karanasan sa buhay. Kung ihahambing sa lahat ng mga tao na humihingi lamang ng mga pagpapala ng Diyos at natatakot na may kukunin sa kanila ang Diyos, at napopoot at nagrereklamo tungkol dito, ang pagsunod ba ni Job ay hindi makatotohanan? Kung ihahambing sa lahat ng taong naniniwala na may Diyos, ngunit hindi kailanman naniwala na ang Diyos ang namamahala sa lahat ng bagay, hindi ba’t nagtataglay si Job ng dakilang katapatan at pagkamatuwid?

Ang Pagkamakatwiran ni Job

Ang tunay na mga karanasan ni Job at ang kanyang matuwid at tapat na pagkatao ay nangahulugan na ginawa niya ang pinaka-makatwirang paghatol at mga pagpili nang nawala sa kanya ang kanyang mga ari-arian at ang kanyang mga anak. Ang ganitong mga makatwirang pagpili ay hindi maaaring ihiwalay mula sa kanyang pang-araw-araw na mga hangarin at sa mga gawa ng Diyos na kanyang nalaman sa panahon ng kanyang araw-araw na pamumuhay. Dahil sa katapatan ni Job, nagawa niyang maniwala na ang kamay ni Jehova ang namamahala sa lahat ng bagay; ang kanyang kaalaman ang nagpahintulot sa kanya na malaman ang katunayan ng kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay ng Diyos na si Jehova; ang kanyang kaalaman ang nagtulak sa kanya upang maging handa at makasunod sa kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos na si Jehova; mas lalong pinatotoo ng kanyang takot ang kanyang paglayo sa kasamaan; sa huli, si Job ay naging perpekto dahil may takot siya sa Diyos at lumayo sa kasamaan; at dahil sa kanyang pagkaperpekto, siya ay naging matalino, at nabigyan siya ng sukdulang pagkamakatwiran.

Paano natin dapat unawain itong salitang “makatwiran”? Ang literal na interpretasyon ay nangangahulugan ito ng pagkakaroon ng matalas na pakiramdam, pagiging lohikal at matino sa pag-iisip, pagkakaroon ng wastong pananalita, kilos, at paghatol, at pagkakaroon ng tama at mga pirmihang pamantayang moral. Ngunit ang pagkamakatwiran ni Job ay hindi madaling maipaliwanag. Nang sinabi rito na si Job ay nagtaglay ng sukdulang pagkamakatwiran, ito ay sinabi nang may kaugnayan sa kanyang pagkatao at sa kanyang asal sa harap ng Diyos. Dahil si Job ay tapat, nagawa niyang maniwala at sumunod sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, na nagbigay sa kanya ng kaalaman na hindi makakamit ng iba, at ang kaalamang ito ay nagbigay sa kanya ng kakayahan na mas tumpak na matukoy, mahusgahan, at mabigyang-kahulugan ang mga nangyari sa kanya, na nakatulong sa kanya upang mas tumpak at mas malinaw na makapili kung ano ang dapat na gawin at kung ano ang dapat na matatag na panghawakan. Kaya ang kanyang mga salita, pag-uugali, ang mga prinsipyo sa likod ng kanyang mga kilos, at ang alituntunin na gumagabay sa kanyang pagkilos, ay pangkaraniwan, malinaw, at tiyak, at hindi bulag, pabigla-bigla, o emosyonal. Alam niya kung paano tratuhin ang anumang dumating sa kanya, alam niya kung paano timbangin at panghawakan ang mga ugnayan sa pagitan ng mga kumplikadong kaganapan, alam niya kung paano humawak ng mahigpit sa daang dapat niyang panghawakan, at, higit pa rito, alam niya kung paano ituring ang ginagawang pagbibigay at pagbawi ng Diyos na si Jehova. Ganito ang pagkamakatwiran ni Job. Dahil mismo sa ganitong pagkamakatwiran ni Job kung kaya’t nasabi niyang, “Si Jehova ang nagbigay, at si Jehova ang nag-alis; purihin ang pangalan ni Jehova,” nang nawala sa kanya ang kanyang mga ari-arian at ang kanyang mga anak na lalaki at babae.

Nang si Job ay naharap sa napakatinding sakit ng katawan, at sa pagtutol ng kanyang mga kamag-anak at mga kaibigan, at nang siya ay naharap sa kamatayan, muling naipakita sa lahat ang kanyang tunay na mukha sa pamamagitan ng kanyang aktwal na asal.

Ang Tunay na Mukha ni Job: Totoo, Dalisay, at Walang Kasinungalingan

Basahin natin ang Job 2:7–8: “Sa gayo’y umalis si Satanas mula sa harapan ni Jehova, at pinasibulan si Job ng mga masasakit na bukol na mula sa talampakan ng kanyang paa hanggang sa kanyang puyo. At kumuha siya ng isang basag na palayok upang ipangkayod ng langib; at siya’y naupo sa mga abo.” Ito ay isang paglalarawan sa asal ni Job nang naglabasan ang mga masasakit na bukol sa kanyang katawan. Sa oras na ito, si Job ay nakaupo sa mga abo habang tinitiiis niya ang sakit. Walang gumamot sa kanya, at walang tumulong upang mabawasan ang sakit ng kanyang katawan; sa halip, ginamit niya ang isang basag na palayok upang ipangkayod sa ibabaw ng masasakit na bukol. Sa labas, ito ay isa lamang yugto sa paghihirap ni Job, at walang kaugnayan sa kanyang pagkatao at takot sa Diyos, dahil si Job ay hindi nagsalita upang ipahayag ang kanyang nararamdaman at mga pananaw sa panahong ito. Ngunit ang

mga pagkilos ni Job at ang kanyang asal ang siya pa ring tunay na nagpahayag ng kanyang pagkatao. Sa talaan ng nakaraang kabanata, mababasa natin na si Job ang pinakadakila sa lahat ng tao ng silangan. Samantala, sa talatang ito mula sa ikalawang kabanata, makikita natin na ang dakilang taong ito ng silangan ay talaga ngang kumuha ng isang basag na palayok upang ipangkayod sa sarili niya habang nakaupo sa mga abo. Wala bang malinaw na pagsasalungatan sa dalawang paglalarawang ito? Ito ay ang kaibahan na nagpapakita sa atin ng totoong mukha ni Job: Sa kabila ng kanyang marangal na reputasyon at katayuan, hindi niya kailanman minahal at binigyang pansin ang mga ito; wala siyang pakialam sa kung paano tiningnan ng iba ang kanyang reputasyon, at hindi siya nag-alala kung ang mga kilos at asal niya ay may masamang epekto sa kanyang reputasyon; hindi siya nagpakasasa sa mga pakinabang ng katayuan, at hindi siya nagsaya sa karangalan na kasama ng kanyang katayuan at reputasyon. Nababahalang lamang siya sa kanyang halaga at kabuluhan ng kanyang pamumuhay sa mga mata ng Diyos na si Jehova. Ang totoong mukha ni Job ay ang kanyang mismong diwa: Hindi niya inibig ang katanyagan at kayamanan, at hindi siya nabuhay para sa katanyagan at kayamanan; siya ay totoo, at dalisay, at walang kasinungalingan.

Ang Pagbubukod ni Job sa Pag-ibig at Poot

Ang isa pang bahagi ng pagkatao ni Job ay ipinapakita sa pag-uusap sa pagitan niya at ng kanyang asawa: “Nang magkagayo’y sinabi ng kanyang asawa sa kanya, ‘Pinananatili mo pa rin ba ang iyong integridad? Sumpain mo ang Diyos, at mamatay ka.’ Ngunit sinabi niya sa kanya, ‘Ikaw ay nagsasalita na gaya ng pagsasalita ng isa sa mga hangal na babae. Ano? Tatanggap ba tayo ng mabuti sa kamay ng Diyos, at hindi tayo tatanggap ng masama?’” (Job 2:9–10). Nang makita ang paghihirap na dinaranas niya, sinubukan ng asawa ni Job na payuhan si Job upang tulungan siyang makatakas sa kanyang paghihirap, ngunit ang kanyang “mabubuting layunin” ay hindi sinang-ayunan ni Job; sa halip, naging dahilan ito upang si Job ay magalit, sapagkat itinakwil niya ang pananampalataya at pagkamasunurin ni Job sa Diyos na si Jehova, at itinakwil din ng asawa ni Job ang pag-iral ng Diyos na si Jehova. Hindi ito katanggap-tanggap kay Job, dahil hindi niya kailanman pinayagan ang kanyang sarili na gumawa ng kahit ano na sasalungat o makasasakit sa Diyos, at hindi pa kasali rito ang iba. Paano siya mananatiling walang malasakit kung nakita niya ang iba na nagbibigkas ng mga salitang lumalapastangan at umiinsulto sa Diyos? Kaya tinawag niya ang kanyang asawa na isang “hangal na babae.” Ang saloobin ni Job sa kanyang asawa ay may galit at poot, pati na rin ang kahihiyan at mahigpit na pangangaral. Ito ay ang likas na pagpapahayag ng pagkatao ni Job—na kumikilala sa pagkakaiba ng pag-ibig at poot—at isang tunay na paglalarawan ng kanyang matuwid na pagkatao. Si Job ay nagtaglay ng pagkamakatarungan—na dahilan upang magalit siya sa pagpapakita ng kabuktutan, at kapootan, kondenahin, at tanggihan ang walang saysay na maling pananampalataya, mga hindi kapani-paniwalang argumento, at katawa-tawang mga

pahayag, at nagpahintulot sa kanya na maging totoo sa kanyang sarili, sa mga wastong prinsipyo at makapanindigan nang siya ay itinakwil ng masa at iwan ng mga taong malapit sa kanya.

Ang Kabutihan ng Puso at Sinseridad ni Job

Dahil nakikita natin ang pagpapahayag ng iba't ibang aspeto ng pagkatao ni Job mula sa kanyang mga inaasal, alin sa pagkatao ni Job ang makikita noong binuksan niya ang kanyang bibig upang sumpain ang araw ng kanyang kapanganakan? Ito ang paksang ibabahagi natin sa ibaba.

Sa itaas, isinalaysay Ko ang mga pinagmulan ng pagsumpa ni Job sa araw ng kanyang kapanganakan. Ano ang nakikita ninyo rito? Kung matigas ang puso ni Job at walang pag-ibig, kung siya ay malamig at walang pakiramdam at salat ng pagkatao, magagawa ba niyang pahalagahan ang ninanais ng puso ng Diyos? Magagawa ba niyang hamakin ang araw ng kanyang sariling kapanganakan bilang bunga ng kanyang pagpapahalaga sa puso ng Diyos? Sa madaling salita, kung si Job ay manhid at salat sa pagkatao, mababagabag ba siya ng sakit na nararamdaman ng Diyos? Maaari ba niyang isumpa ang araw ng kanyang kapanganakan dahil nasaktan niya ang Diyos? Ang sagot ay, ganap na hindi! Dahil siya ay may mabuting puso, pinahalagahan ni Job ang puso ng Diyos; dahil pinahalagahan niya ang puso ng Diyos, naramdaman ni Job ang nadamang sakit ng Diyos; dahil siya ay may mabuting puso, mas malaki ang kanyang naging pagdurusa bilang bunga ng pagkaunawa niya sa nadamang sakit ng Diyos; dahil naramdaman niya ang sakit na nadama ng Diyos, nagsimula siyang mapoot sa araw ng kanyang kapanganakan, kung kaya't isinumpa niya ang araw ng kanyang kapanganakan. Sa mga tagalabas, ang buong asal ni Job sa panahon ng kanyang mga pagsubok ay kapuri-puri. Tanging ang kanyang pagsumpa sa araw ng kanyang kapanganakan ang naging dahilan ng pagdududa sa kanyang pagkaperpekto at pagkamatuwid, o nagbibigay ng naiibang resulta ng pagsusuri. Sa katunayan, ito ang pinakatunay na pagpapahayag ng diwa ng pagkatao ni Job. Ang diwa ng kanyang pagkatao ay hindi lingid o nakabalot, o binago ng ibang tao. Nang isinumpa niya ang araw ng kanyang kapanganakan, ipinakita niya ang kabutihan at sinseridad na nakabaon sa kanyang puso; siya ay tulad ng isang bukal na ang tubig ay sobrang malinaw at naaaninag na nakapagpapakita ng kailaliman nito.

Pagkatapos malaman ang lahat ng ito tungkol kay Job, karamihan sa mga tao ay magkakaroon ng medyo tumpak at obhektibong pagsusuri sa diwa ng pagkatao ni Job. Mayroon din dapat silang malalim, praktikal, at mas makabagong pagkaunawa at pagpapahalaga sa pagkaperpekto at pagkamatuwid ni Job na sinasabi ng Diyos. Sana, ang pagkaunawa at pagpapahalagang ito ay makatulong sa mga tao na hanapin ang daan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan.

Ang Kaugnayan sa Pagitan ng Pagpasa ng Diyos kay Job Papunta kay Satanas at ang mga Pakay ng Gawain ng Diyos

Kahit na karamihan sa mga tao ngayon ay kumikilala na si Job ay perpekto at matuwid, at siya ay may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan, ang pagkilalang ito ay hindi nagbibigay sa kanila ng mas mataas na kaunawaan ng layunin ng Diyos. Kasabay ng pagkainggit sa pagkatao at hangarin ni Job, tinatanong nila ang mga sumusunod na katanungan sa Diyos: Si Job ay lubos na perpekto at matuwid, minamahal siyang lubos ng mga tao, kung gayon, bakit siya ibinigay ng Diyos kay Satanas at isinailalim sa ganoong paghihirap? Ang ganitong mga tanong ay umiiral sa mga puso ng maraming tao—o kaya, ang pagdududang ito ang tanong na nasa mga puso ng maraming tao. Dahil nililito nito ang napakaraming tao, kailangan nating ilatag at ipaliwanag nang maayos ang tanong na ito.

Ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay kinakailangan, at may pambihirang kabuluhan, dahil ang lahat ng ginagawa Niya sa tao ay may kinalaman sa Kanyang pamamahala at pagliligtas sa sangkatauhan. Natural lamang na ang gawaing ginawa ng Diyos kay Job ay hindi naiiba, kahit na si Job ay perpekto at matuwid sa paningin ng Diyos. Sa madaling salita, kahit ano pa ang ginagawa ng Diyos o ang paraan na ginagamit Niya para gawin ito, kahit ano pa ang halaga, o ang Kanyang nilalayon, ang pakay ng Kanyang mga kilos ay hindi nagbabago. Ang Kanyang pakay ay upang ipasok sa tao ang mga salita ng Diyos, pati na rin ang mga kinakailangan at ang kalooban ng Diyos para sa tao; sa madaling salita, ito ay upang ipasok sa tao ang lahat ng pinaniniwalaan ng Diyos na positibo alinsunod sa Kanyang mga hakbang, na nagbibigay sa tao ng pagkaunawa sa puso ng Diyos at pagkaintindi sa diwa ng Diyos, at nagpapahintulot sa kanya na sundin ang kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos, at nang sa gayon ay magkaroon ng daan upang matamo ng tao ang pagkakaroon ng takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan—ang lahat ng ito ay isang aspeto ng pakay ng Diyos sa lahat ng Kanyang ginagawa. Ang isa pang aspeto ay, dahil si Satanas ang mapaghahambingan at nagsisilbing gamit-pangserbisyo sa gawain ng Diyos, ang tao ay madalas na ibinigay kay Satanas; paraan ito na ginagamit ng Diyos upang makita ng mga tao ang kasamaan, kapangitan, at pagiging kasuklam-suklam ni Satanas sa gitna ng mga pagtukso at pag-atake nito, na nagiging dahilan upang kamuhian ng mga tao si Satanas at magawang malaman at makilala ang mga bagay na negatibo. Ang prosesong ito ay nagbibigay-daan sa kanila upang unti-unti nilang mapalaya ang kanilang mga sarili mula sa pamamahala ni Satanas, at mula sa mga paratang, pakikialam, at pag-atake nito—hanggang, salamat sa mga salita ng Diyos, ang kanilang kaalaman at pagsunod sa Diyos, at ang kanilang pananampalataya sa Diyos at takot sa Kanya, ay magdala sa kanila ng tagumpay laban sa mga pag-atake at paratang ni Satanas; doon lamang sila ganap na maiaadya mula sa nasasakupan ni Satanas. Ang paglaya ng mga tao ay nangangahulugan na si Satanas ay natalo, ito ay nangangahulugan na hindi na sila

pagkain sa bibig ni Satanang—na sa halip na lunukin sila, pinakawalan sila ni Satanang. Ito ay sa kadahilanang ang mga gayong tao ay matuwid, may pananampalataya, masunurin, at may takot sa Diyos, at dahil tuluyan silang kumakawala kay Satanang. Nagdadala sila ng kahihyan kay Satanang, ginagawa nilang duwag si Satanang, at tuluyan nilang tinatalo si Satanang. Ang kanilang matibay na paniniwala sa pagsunod sa Diyos, at ang pagsunod at takot nila sa Diyos ang tumatalo kay Satanang, at nagiging dahilan kung bakit ganap silang isinusuko ni Satanang. Ang mga taong tulad nito lamang ang tunay na nakamtan ng Diyos, at ito ang tunay na obhektibo ng Diyos sa pagliligtas sa tao. Kung nais nilang mailigtas, at nais nilang ganap na makamit ng Diyos, ang lahat ng sumusunod sa Diyos ay dapat humarap sa mga maliliit at malalaking tukso at pag-atake na galing kay Satanang. Ang mga taong nangingibabaw sa mga tukso at pag-atake na ito at nagagawang ganap na talunin si Satanang ay ang mga nailigtas ng Diyos. Ibig sabihin, ang mga tao na nailigtas ng Diyos ay iyong mga sumailalim sa mga pagsubok ng Diyos, at ang mga tinukso at intake ni Satanang nang hindi mabilang na pagkakataon. Nauunawaan ng mga taong nailigtas ng Diyos ang kalooban at mga hinihingi ng Diyos, at nagagawa nilang sumunod sa kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos, at hindi nila tinatalikdan ang daan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan sa gitna ng mga panunukso ni Satanang. Ang mga taong nailigtas ng Diyos ay nagtataglay ng katapatan, sila ay may mabubuting puso, napaghihiwalay nila ang pag-ibig at poot, may pagkaunawa sila sa hustisya at sila ay makatwiran, at nagagawa nilang magmalasakit sa Diyos at pahalagahan ang lahat ng sa Diyos. Ang ganitong mga tao ay hindi naigagapos, namamanmanan, napararatangan, o naaabuso ni Satanang; sila ay ganap na malaya, sila ay ganap na napalaya at napakawalan na. Si Job ay isang tao ng kalayaan, at ito ang tiyak na kahulugan kung bakit ipinasa siya ng Diyos kay Satanang.

Si Job ay inabuso ni Satanang, ngunit nakakuha rin siya ng walang hanggang kalayaan at pagpapalaya, at nagkamit ng karapatan na hindi na kailanman muling mapasailalim sa katiwalian, pang-aabuso, at mga paratang ni Satanang, at sa halip ay mabuhay sa liwanag ng mukha ng Diyos nang malaya at walang hadlang, at ang mabuhay sa gitna ng mga pagpapalang bigay ng Diyos sa kanya. Walang maaaring mag-alis, o sumira, o kumuha ng karapatang ito. Ito ay ibinigay kay Job kapalit ng kanyang pananampalataya, determinasyon, at pagsunod at takot sa Diyos; nagbayad si Job ng kanyang buhay upang ipanalo ang kagalakan at kaligayahan sa lupa, upang matamo ang karapatan at pagiging karapat-dapat, gaya ng itinakda ng Langit na siya namang kinilala sa lupa, upang sumamba sa Lumikha nang walang hadlang bilang isang tunay na nilalang ng Diyos sa lupa. Ito rin ang pinakamalaking kinalabasan ng mga tukso na tiniis ni Job.

Kapag hindi pa nailigtas ang mga tao, ang mga buhay nila ay madalas na pinanghihimasukan, at maaaring pinamamahalaan, ni Satanang. Sa madaling salita, ang mga tao na hindi pa naililigtas ay mga bilanggo ni Satanang, sila ay walang kalayaan, hindi pa sila binibitawan ni Satanang, sila ay hindi naaangkop at walang karapatan na sumamba sa Diyos, at sila ay labis na tinutugis at nilulusob nang matindi ni Satanang.

Ang ganitong mga tao ay walang kaligayahan na masasabi, wala silang karapatan sa isang normal na pag-iral na masasabi, at higit pa rito, wala silang dangal na masasabi. Tanging kung ikaw ay maninindigan at makikipaglaban kay Satanang, gamit ang iyong pananampalataya at pagsunod sa Diyos, at takot sa Diyos, bilang iyong mga sandata na gagamitin para sa isang buhay-at-kamatayan na pakikipaglaban kay Satanang, kung saan sukdulan mong matatalo si Satanang na magiging dahilan ng pag-urong ng buntot nito at pagiging duwag sa tuwing makikita ka, upang tuluyan na nitong itigil ang mga paglusob at paratang laban sa iyo—saka ka lang maililigtas at magiging malaya. Kung ikaw ay determinadong lumaya nang lubusan mula kay Satanang, ngunit wala kang mga sandatang tutulong sa iyo upang talunin si Satanang, ikaw ay manganganib pa rin. Sa paglipas ng panahon, kapag ikaw ay lubhang napahirapan na ni Satanang na wala nang natitirang lakas sa iyo, ngunit hindi mo pa rin magawang magpatotoo, hindi pa rin tuluyang napapalaya ang iyong sarili sa mga paratang at paglusob ni Satanang laban sa iyo, magiging maliit lamang ang pag-asa na maililigtas ka. Sa huli, kapag ipinapahayag na ang konklusyon ng gawain ng Diyos, nasa mahigpit na pagkakahawak ka pa rin ni Satanang, kung saan hindi mo magawang palayain ang iyong sarili, at dahil dito hindi ka na kailanman magkakaroon ng pagkakataon o pag-asa. Kung gayon, ang ipinapahiwatig nito ay magiging ganap na mga bihag ni Satanang ang ganitong mga tao.

Tanggapin ang mga Pagsubok ng Diyos, Pagtagumpayan ang mga Panunukso ni Satanang, at Hayaan ang Diyos na Makamit ang Iyong Buong Pagkatao

Sa panahon ng gawain ng Kanyang walang hanggang pagtutustos at suporta sa tao, sinasabi ng Diyos ang kabuuan ng Kanyang kalooban at mga hinihingi sa tao, at ipinakikita Niya ang Kanyang mga gawa, disposisyon, at kung anong mayroon Siya at kung ano Siya sa tao. Ang layunin ay upang maihanda ang tao sa pamamagitan ng tayog, at pahintulutan ang tao na makamit ang iba't ibang katotohanan mula sa Diyos habang sumusunod sa Kanya—mga katotohanan na siyang mga sandatang ibinibigay ng Diyos sa tao upang labanan si Satanang. Kapag nabigyan na ng sandata, dapat harapin ng tao ang mga pagsubok ng Diyos. Ang Diyos ay maraming paraan at sistema para sa pagsubok ng tao ngunit bawat isa sa mga ito ay nangangailangan ng “kooperasyon” ng kaaway ng Diyos: si Satanang. Ibig sabihin, matapos bigyan ang tao ng mga sandata upang labanan si Satanang, ibinibigay ng Diyos ang tao kay Satanang at hinahayaan si Satanang na “subukin” ang tayog ng tao. Kung makakalabas ang tao mula sa mga hanay ng pakikipaglaban ni Satanang, kung kaya niyang tumakas mula sa teritoryo ni Satanang at manatiling buhay, ang tao ay makakapasa sa pagsubok. Ngunit kung ang tao ay mabigong umalis sa mga hanay ng pakikipaglaban ni Satanang, at nagpasakop kay Satanang, hindi siya makakapasa sa pagsubok. Anumang aspeto ng tao ang sinusuri ng Diyos, ang mga pamantayan ng Kanyang pagsusuri ay kung magpapakatatag o hindi ang tao sa kanyang patotoo kapag inatake siya ni Satanang, at

kung itatakwil niya o hindi ang Diyos at susuko at magpapasakop kay Satanas habang nasa bitag ni Satanas. Maaaring sabihin na ang pagkaligtas o hindi sa tao ay nakasalalay sa kung kaya niyang mapagtagumpayan at talunin si Satanas, at ang kakayanan niya na makamtan ang kanyang kalayaan ay nakasalalay sa kanyang kakayahang buhatin, nang mag-isa, ang mga sandatang ibinigay sa kanya ng Diyos upang mapagtagumpayan ang gapos ni Satanas, upang ganap na mawalan ng pag-asa si Satanas at iwan siyang mag-isa. Kung mawawalan ng pag-asa si Satanas at magpapalaya ng isang tao, ang ibig sabihin nito ay hinding-hindi na nito muling susubukan na kunin ang taong ito mula sa Diyos, hinding-hindi na muling pararatangan at gagambalain ang taong ito, hinding-hindi na siya muling pahihirapan nang walang-pakundangan o aatakihin; tanging ang ganitong tao lamang ang tunay na nakamit ng Diyos. Ito ang buong proseso kung paano nakakamit ng Diyos ang tao.

Ang Babala at Kaliwanagan ng Patotoo ni Job na Ibinigay sa mga Sumunod na Henerasyon

Kasabay ng pagkaunawa sa proseso kung paano ganap na nakakamit ng Diyos ang isang tao, mauunawaan din ng mga tao ang mga pakay at kabuluhan ng ginawa ng Diyos nang ibigay Niya si Job kay Satanas. Ang mga tao ay hindi na nababalisa sa paghihirap ng kalooban ni Job, at mayroon ng bagong pagpapahalaga sa kabuluhan nito. Hindi na nila inaalala kung sila mismo ay mapapasailalim sa tukso na katulad ng napagdaanan ni Job, at hindi na tinututulan o tinatanggi ang pagdating ng mga pagsubok ng Diyos. Ang pananampalataya, at pagkamasunurin ni Job, at ang kanyang patotoo sa pagtatagumpay laban kay Satanas ay mapagkukunan ng malaking tulong at lakas ng loob ng mga tao. Kay Job, sila ay nakakakita ng pag-asa para sa kanilang sariling kaligtasan, at nakita nila na sa pamamagitan ng pananampalataya, at pagsunod at takot sa Diyos, ganap na posibleng talunin si Satanas at manaig laban kay Satanas. Nakikita nila na hangga't hindi sila tumututol sa kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos, at taglay nila ang determinasyon at pananampalataya na hindi itakwil ang Diyos matapos na mawala sa kanila ang lahat, maaari silang magdala ng kahihyan at pagkatalo kay Satanas, at kailangan lamang nilang taglayin ang determinasyon at tiyaga upang manindigan sa kanilang patotoo—kahit na ito ay nangangahulugan ng pagkawala ng kanilang mga buhay—upang maduwag at mabilisang sumuko si Satanas. Ang patotoo ni Job ay isang babala sa mga sumusunod na henerasyon, at ang babalang ito ay nagsasabi sa kanila na kung hindi nila tatalunin si Satanas, hindi nila kailanman magagawang makawala sa mga paratang at panghihimasok sa kanila ni Satanas, at hindi rin nila kailanman magagawang makatakas sa pang-aabuso at pag-aatake ni Satanas. Ang patotoo ni Job ay nagbigay ng kaliwanagan sa mga sumunod na henerasyon. Itinuturo ng kaliwanagang ito sa mga tao na kung sila ay perpekto at matuwid, saka lamang nila magagawang magkaroon ng takot sa Diyos at lumayo sa kasamaan; itinuturo nito sa kanila na kapag sila ay may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan,

saka lamang nila makakayanang magkaroon ng malakas at tumataginting na patotoo sa Diyos; kapag sila ay may malakas at umuugong na patotoo sa Diyos, saka lamang sila kailanman hindi na mapamamahalaan ni Satanas at mabubuhay sa ilalim ng paggabay at pag-iingat ng Diyos—at doon lamang sila tunay na nailigtas. Ang personalidad ni Job at ang ginawa niya sa kanyang buhay ay dapat tularan ng lahat ng nagnanais ng kaligtasan. Ang kanyang isinabuhay sa kanyang buong buhay at ang kanyang asal sa panahon ng kanyang mga pagsubok ay isang mahalagang kayamanan para sa lahat ng sumusunod sa daan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan.

Ang Patotoo ni Job ay Nagdulot ng Kaginhawahan sa Diyos

Kung sabihin Ko sa inyo ngayon na si Job ay isang kaibig-ibig na tao, maaaring hindi ninyo mapahalagahan ang kahulugan sa loob ng mga salitang ito, at maaaring hindi ninyo lubos na maintindihan ang damdamin kung bakit Ko sinasabi ang lahat ng bagay na ito; ngunit maghintay kayo hanggang sa araw na kayo ay makaranas ng mga pagsubok na kapareho o katulad ng mga pinagdaanan ni Job, kapag kayo ay dumadaan sa kahirapan, kapag personal na ninyong nararanasan ang mga pagsubok na isinaayos mismo ng Diyos para sa inyo, kapag ibinigay ninyo ang lahat ng mayroon kayo, at nagtiis sa kahihiyan at paghihirap, upang magtagumpay laban kay Satanas at magpatotoo sa Diyos sa gitna ng mga tukso—doon mo matututuhang pahalagahan ang ibig sabihin nitong mga salitang sinasabi Ko. Sa oras na iyon, mararamdaman mo na ikaw ay mas mahina kung ihahambing kay Job, mararamdaman mo kung gaano kaibig-ibig si Job, at siya ay karapat-dapat na tularan. Kapag dumating na ang panahong iyon, mauunawaan mo kung gaano kahalaga ang mga walang-kupas na salitang binigkas ni Job para sa mga tiwali at nabubuhay sa mga panahong ito, at mauunawaan mo kung gaano kahirap para sa mga tao ngayon na makamit ang nakamit ni Job. Kapag nararamdaman mo na ito ay mahirap, mapapahalagahan mo kung gaano kabalisa at nag-aalala ang puso ng Diyos, mapapahalagahan mo kung gaano kalaki ang halaga na binayaran ng Diyos upang makamit ang ganoong mga tao, at kung gaano kahalaga ang ginawa at ginugol ng Diyos para sa sangkatauhan. Ngayon na narinig na ninyo ang mga salitang ito, mayroon na ba kayong wastong pagkaunawa at tamang pagsusuri kay Job? Sa inyong paningin, si Job ba ay tunay na perpekto at matuwid na tao na natatakot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan? Naniniwala Ako na karamihan sa mga tao ay tiyak na magsasabi ng oo. Dahil ang mga katotohanan ng ikinilos at ipinahayag ni Job ay hindi maikakaila ng sinumang tao o maging ni Satanas. Ang mga ito ang pinakamakapangyarihang patunay ng tagumpay ni Job laban kay Satanas. Ang patunay na ito ay ginawa kay Job, at ang unang patotoo na tinanggap ng Diyos. Dahil dito, nang magtagumpay si Job laban sa mga panunukso ni Satanas at nagawang magpatotoo sa Diyos, nakakita ang Diyos ng pag-asa kay Job, at ang Kanyang puso ay nabigyan ni Job ng kaginhawahan. Mula sa panahon ng paglikha hanggang sa panahon ni Job, ito ang unang pagkakataon na ang Diyos ay tunay na nakaranas ng kaginhawahan, at kung ano ang ibig sabihin ng

mabigyan ng tao ng ginhawa. Ito ang unang pagkakataon na nakita Niya, at nakamit, ang tunay na patotoo na dinala para sa Kanya.

Nagtitiwala Ako, na pagkarinig ng patotoo at mga patunay ng iba't ibang aspeto ni Job, ang karamihan ng mga tao ay magkakaroon ng mga plano para sa landas na nasa harapan nila. Gayon din, nagtitiwala Ako na ang karamihan sa mga taong puno ng pagkabalisa at takot ay dahan-dahang mapapahinahon ang kanilang katawan at pag-iisip, at magsisimulang makaramdam ng ginhawa, unti-unti ...

Ang mga sipi sa ibaba ay mga patunay din tungkol kay Job. Ipagpatuloy natin ang pagbabasa.

4. Narinig ni Job ang Diyos sa Pamamagitan ng Pagdinig ng Tainga

Job 9:11 Narito, Siya'y dumaraan sa siping ko, at hindi ko Siya nakikita: Siya'y nagpapatuloy rin naman, ngunit hindi ko Siya namamataan.

Job 23:8–9 Narito, ako'y nagpapatuloy, ngunit wala Siya roon; at sa dakong likuran, ngunit hindi ko Siya mamataan: Sa kaliwa pagka Siya'y gumagawa, ngunit hindi ko mamasdan Siya: Siya'y nagkukubli sa kanan, na hindi ko makita Siya.

Job 42:2–6 Nalalaman ko na magagawa Mo ang lahat ng mga bagay, at wala Kang saloobin na mapipigil. Sino itong nagkukubli ng payo na walang kaalaman? Kaya't aking sinambit na hindi ko nauunawa; mga bagay na totoong kagilagilalas sa akin na hindi ko nalalaman. Dinggin Mo, isinasamo ko sa Iyo, at ako'y magsasalita; ako'y magtatanong sa Iyo, at magpahayag Ka sa akin. Narinig Kita sa pakikinig ng pakinig; ngunit ngayo'y nakikita ka ng aking mata. Kaya't ako'y nayayamot sa sarili, at nagsisisi ako sa alabok at mga abo.

Bagama't Hindi Ibinunyag ng Diyos ang Sarili Niya kay Job, si Job ay Naniniwala sa Kataas-taasang Kapangyarihan ng Diyos

Ano ang isinusulong ng mga salitang ito? Nakikita ba ninyo na may isang katunayan dito? Una, paano nalaman ni Job na may Diyos? At paano niya nalaman na ang mga langit at lupa at lahat ng bagay ay pinamamahalaan ng Diyos? Narito ang isang sipi na sumasagot sa dalawang katanungang ito: “Narinig Kita sa pakikinig ng pakinig; ngunit ngayo'y nakikita Ka ng aking mata. Kaya't ako'y nayayamot sa sarili, at nagsisisi ako sa alabok at mga abo.” Mula sa mga salitang ito ay nalaman natin, na sa halip na makita ang Diyos sa kanyang sariling mga mata, natutuhan ni Job ang tungkol sa Diyos mula sa alamat. Sa ilalim ng mga sitwasyong ito, siya ay nagsimulang lumakad sa landas ng pagsunod sa Diyos, matapos nito ay nakumpirma niya ang pag-iral ng Diyos sa kanyang buhay, at sa lahat ng bagay. May isang hindi maikakailang katunayan dito—at ano ang katunayang iyon? Sa kabila ng kakayahang sundin ang daan ng pagkatakot sa Diyos at paglayo sa kasamaan, hindi pa kailanman nakita ni Job ang Diyos. Dito, hindi ba siya kapareho ng mga tao sa ngayon? Hindi pa kailanman nakita ni Job ang Diyos, ipinapahiwatig nito na bagama't narinig niya ang tungkol sa Diyos, hindi niya alam kung nasaan ang Diyos, o kung ano ang katulad ng Diyos, o kung ano ang ginagawa ng

Diyos. Lahat ng mga ito ay mga pansariling kadahilanan; sa isang walang kinikilingang pananalita, bagama't sinunod niya ang Diyos, ang Diyos ay hindi kailanman nagpakita sa kanya o nakipag-usap sa kanya. Hindi ba ito isang katunayan? Kahit na hindi nakipag-usap ang Diyos kay Job o kaya ay nagbigay sa kanya ng anumang utos, nakita ni Job ang pag-iral ng Diyos, at napagmasdan niya ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan sa gitna ng lahat ng bagay at sa mga alamat kung saan natutuhan ni Job ang tungkol sa Diyos sa pamamagitan ng pakikinig, at pagkatapos nito ay sinimulan niya ang buhay na may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan. Ganito ang simula at proseso kung paano sumunod si Job sa Diyos. Ngunit kahit gaano siya natakot sa Diyos at lumayo sa kasamaan, kahit gaano niya panghawakan ang kanyang integridad, hindi pa rin kailanman nagpakita ang Diyos sa kanya. Basahin natin ang siping ito. Sinabi niya, “Narito, Siya’y dumaraan sa siping ko, at hindi ko Siya nakikita: Siya’y nagpapatuloy rin naman, ngunit hindi ko Siya namamataan” (Job 9:11). Ang sinasabi ng mga salitang ito ay maaaring nadama ni Job ang Diyos sa paligid niya o maaari ring hindi—ngunit hindi niya kailanman nakita ang Diyos. Nagkaroon ng mga oras kung saan naisip niya na dumaraan ang Diyos sa harap niya, o kumikilos, o pinapatnubayan ang tao, ngunit hindi niya kailanman nalaman. Ang Diyos ay darating sa tao kapag hindi niya ito inaasahan; hindi alam ng tao kung kailan darating ang Diyos sa kanya, o kung saan Siya darating sa kanya, sapagkat hindi nakikita ng tao ang Diyos, at sa gayon, para sa tao, nakatago ang Diyos mula sa kanya.

Ang Pananampalataya ni Job sa Diyos ay Hindi Nayayanig ng Katunayan na ang Diyos ay Nakatago sa Kanya

Sa sumusunod na sipi ng kasulatan, nagsabi si Job, “Narito, ako’y nagpapatuloy, ngunit wala Siya roon; at sa dakong likuran, ngunit hindi ko Siya mamataan: Sa kaliwa pagka Siya’y gumagawa, ngunit hindi ko mamasdan Siya: Siya’y nagkukubli sa kanan, na hindi ko makita Siya” (Job 23:8–9). Sa salaysay na ito, nalalaman natin na sa buong karanasan ni Job, ang Diyos ay nakatago sa kanya; ang Diyos ay hindi lantarang nagpakita sa kanya, at hindi rin Siya lantarang nangusap ng anumang salita sa kanya, gayunman sa kanyang puso, si Job ay may tiwala sa pag-iral ng Diyos. Palagi siyang naniniwala na ang Diyos ay maaaring naglalakad sa harap niya, o maaaring kumikilos sa kanyang tabi, at kahit na hindi niya nakikita ang Diyos, ang Diyos ay nasa tabi niya, pinamamahalaan ang lahat tungkol sa kanya. Hindi kailanman nakita ni Job ang Diyos, ngunit nagawa niyang manatiling totoo sa kanyang pananampalataya, na walang ibang taong nakagawa. Bakit hindi ito magawa ng ibang tao? Ito ay dahil sa hindi nakipag-usap ang Diyos kay Job, o nagpakita sa kanya, at kung siya ay hindi tunay na naniwala, hindi niya magagawang magpatuloy, o mananatili sa daan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan. Hindi ba ito totoo? Ano ang nararamdaman mo kapag nababasa mo na sinasabi ni Job ang mga salitang ito? Nararamdaman mo ba na totoo ang pagka-perpekto at pagkamatuwid ni Job, at ang kanyang pagkamakatuwiran sa

harap ng Diyos, at na hindi ito isang kalabisan sa panig ng Diyos? Kahit na itinuring ng Diyos si Job katulad ng pagturing Niya sa ibang tao, at hindi nagpakita o nakipag-usap sa kanya, naging matatag pa rin si Job sa kanyang katapatan, naniwala pa rin siya sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, at, bukod pa rito, madalas siyang nag-alay ng mga sinusunog na handog at nanalangin sa harap ng Diyos bilang bunga ng kanyang takot na magkasala sa Diyos. Sa kakayahan ni Job na magkaroon ng takot sa Diyos nang hindi pa nakikita ang Diyos, nakikita natin kung gaano niya kamahal ang mga positibong bagay, at kung gaano katatag at katotoo ang kanyang pananampalataya. Hindi niya ikinaila na may Diyos dahil ang Diyos ay nakatago mula sa kanya, at hindi nawala ang kanyang pananampalataya at hindi niya itinakwil ang Diyos dahil hindi pa niya kailanman nakita ang Diyos. Sa halip, sa gitna ng mga nakatagong gawain ng Diyos sa Kanyang pamamahala sa lahat ng bagay, natanto niya ang pag-iral ng Diyos, at nadama ang kataas-taasang kapangyarihan at lakas ng Diyos. Hindi niya isinuko ang pagiging matuwid dahil ang Diyos ay nakatago, at hindi rin niya itinakwil ang daan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan dahil ang Diyos ay hindi kailanman nagpakita sa kanya. Hindi kailanman hiningi ni Job na lantarang magpakita ang Diyos sa kanya upang patunayan ang Kanyang pag-iral, dahil nakita na niya ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay, at naniwala siya na natanggap niya ang mga pagpapala at biyaya na hindi nakamit ng iba. Bagama't ang Diyos ay nanatiling nakatago sa kanya, ang pananampalataya ni Job sa Diyos ay hindi kailanman nayanig. Kaya, inani niya ang hindi pa nakukuha ng iba: Ang pagsang-ayon ng Diyos at pagpapala ng Diyos.

Pinupuri ni Job ang Pangalan ng Diyos at Hindi Iniisip ang mga Pagpapala o Kapahamakan

May isang katunayan na hindi kailanman tinutukoy sa mga kuwento ni Job sa Kasulatan, at ito ang magiging paksa natin ngayon. Kahit na hindi pa kailanman nakikita ni Job ang Diyos o naririnig ang mga salita ng Diyos sa kanyang sariling mga tainga, ang Diyos ay may lugar sa puso ni Job. Ano ang saloobin ni Job sa Diyos? Ito ay, tulad ng tinukoy natin dati, “purihin ang pangalan ni Jehova.” Ang kanyang pagpapala sa pangalan ng Diyos ay walang kondisyon, walang kinalaman sa konteksto, at hindi nakatali sa anumang dahilan. Nakikita natin na ibinigay ni Job ang kanyang puso sa Diyos, pinahintulutan niya na pamahalaan ito ng Diyos; lahat ng inisip niya, lahat ng pagpapasya niya, at lahat ng binalak niya sa kanyang puso ay inilatag sa Diyos at hindi itinago mula sa Diyos. Ang kanyang puso ay hindi sumalungat sa Diyos, at hindi niya kailanman hiningi sa Diyos na gawin ang kahit na ano para sa kanya o ibigay ang anumang bagay, at hindi siya nagtanim ng mga marangyang hangarin na may makukuha siyang anumang bagay mula sa kanyang pagsamba sa Diyos. Si Job ay hindi nakipagpalitan sa Diyos, at hindi humiling o humingi sa Diyos. Ang kanyang pagpupuri sa pangalan ng Diyos ay dahil sa dakilang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos sa

pamumuno sa lahat ng bagay, at hindi nakasalalay sa kung siya ay nagkamit ng pagpapala o hinagupit ng kalamidad. Naniwala siya na kung magbibigay man ng pagpapala ang Diyos sa mga tao o kaya ay magdudulot ng kapahamakan sa kanila, ang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos ay hindi magbabago, at dahil dito, anuman ang kalagayan ng isang tao, ang pangalan ng Diyos ay dapat na purihin. Dahil sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, pinagpala ang tao, at kapag dumating ang sakuna sa tao, ito ay dahil din sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos. Ang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos ay namamahala at nagsasaayos ng lahat tungkol sa tao; ang pabago-bagong kapalaran ng tao ay pagpapamalas ng kapangyarihan at awtoridad ng Diyos, at kung anuman ang pananaw ng tao, ang pangalan ng Diyos ay dapat na papurihan. Ito ang naranasan at nalaman ni Job sa mga taon ng kanyang buhay. Ang lahat ng mga inisip at ikinilos ni Job ay umabot sa mga tainga ng Diyos, at dumating sa harap ng Diyos, at itinuring na mahalaga ng Diyos. Itinangi ng Diyos ang kaalamang ito ni Job, at pinahalagahan Niya si Job sa pagkakaroon ng ganitong puso. Ang pusong ito ay palaging naghihintay sa utos ng Diyos, at sa lahat ng lugar, at kahit ano pa ang oras o lugar, tinanggap nito ang anumang dumating sa kanya. Walang hiniling si Job sa Diyos. Ang hiningi niya sa sarili niya ay ang maghintay, tumanggap, humarap at sumunod sa lahat ng pagsasaayos na nanggaling sa Diyos; naniwala si Job na ito ang kanyang tungkulin, at ito mismo ang nais ng Diyos. Hindi kailanman nakita ni Job ang Diyos, at hindi rin niya narinig ang Diyos na nagsalita ng anumang salita, nagbigay ng anumang utos, nagbigay ng anumang aral, o nagbigay ng tagubilin sa kanya tungkol sa kahit na ano. Sa kasalukuyang pananalita, upang magtaglay siya ng ganoong kaalaman at saloobin sa Diyos kahit na ang Diyos ay walang naibigay sa kanya na kaliwanagan, patnubay, o anumang kaloob patungkol sa katotohanan—ito ay mahalaga, at ang pagpapakita niya ng mga ganitong bagay ay sapat na para sa Diyos, at ang kanyang patotoo ay pinuri at itinangi ng Diyos. Hindi kailanman nakita ni Job ang Diyos o kaya ay narinig Siya na personal na nagbigay ng anumang aral sa kanya, ngunit sa Diyos, ang kanyang puso at siya mismo ay higit na mas mahalaga kaysa sa mga tao, na nasa harap ng Diyos, ay kaya lamang magsalita ng malalalim na teorya, na kaya lamang magmalaki, at magsalita tungkol sa pag-aalay ng mga handog, ngunit hindi kailanman nagkaroon ng tunay na kaalaman tungkol sa Diyos, at hindi kailanman tunay na natakot sa Diyos. Dahil ang puso ni Job ay dalisay, at hindi lingid sa Diyos, at ang kanyang pagkatao ay tapat at mabait, at mahal niya ang katarungan at ang lahat ng positibo. Tanging ang tao na kagaya nito na may taglay na ganitong uri ng puso at pagkatao ang nakasunod sa daan ng Diyos, at kayang magkaroon ng takot sa Diyos at lumayo sa kasamaan. Ang ganitong tao ay maaaring makakita sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, maaaring makakita sa Kanyang awtoridad at kapangyarihan, at nagawang makamit ang pagsunod sa Kanyang kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos. Tanging ang taong ganito lamang ang maaaring tunay na makapagbigay ng papuri sa pangalan ng Diyos. Ito ay dahil sa hindi siya tumingin kung siya man ay pagpapalain ng Diyos o padadalhan

ng kapahamakan, dahil alam niya na ang lahat ay pinamamahalaan ng kamay ng Diyos, at para sa tao, ang pag-aalala ay isang tanda ng kahangalan, kamangmangan, at kawalan sa katwiran, ng pag-aalinlangan sa katunayan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay, at ng kawalan ng takot sa Diyos. Ang kaalaman ni Job ang siya mismong ninais ng Diyos. Dahil dito, si Job ba ay may higit na maraming teoretikal na kaalaman tungkol sa Diyos kung ihahambing sa inyo? Dahil ang gawain at mga pagbigkas ng Diyos noong mga panahong iyon ay kakaunti lamang, hindi madaling makamit ang kaalaman tungkol sa Diyos. Ang ganitong nagawa ni Job ay hindi madaling gawin. Hindi niya naranasan ang gawain ng Diyos, o narinig na nagsalita ang Diyos, o nakita ang mukha ng Diyos. Ang pagkakaroon niya ng ganitong saloobin sa Diyos ay ganap na bunga ng kanyang pagkatao at ng kanyang mga personal na paghahangad, isang pagkatao at paghahangad na hindi taglay ng mga tao sa ngayon. Dahil dito, sa panahong iyon, sinabi ng Diyos, “Walang gaya niya sa lupa, na sakdal at matuwid na lalaki.” Sa kapanahunang iyon, ang Diyos ay nakagawa na ng ganitong pagsusuri sa kanya, at nagkaroon ng ganitong konklusyon. Gaano pa ito mas magiging totoo sa kasalukuyan?

Bagaman ang Diyos ay Nakatago Mula sa Tao, ang Kanyang mga Gawa sa Lahat ng Bagay ay Sapat na Upang Makilala Siya ng Tao

Hindi nakita ni Job ang mukha ng Diyos, o narinig ang mga salita na sinabi ng Diyos, at lalong hindi niya personal na naranasan ang gawain ng Diyos, ngunit ang kanyang takot sa Diyos at patotoo sa panahon ng kanyang mga pagsubok ay nasaksihan ng lahat, at ang mga ito ay minahal, kinalugdan, at pinuri ng Diyos, at ang mga tao ay naiinggit at humahanga sa mga ito, at, higit pa rito, umaawit ng kanilang mga papuri. Walang katangi-tangi o di-pangkaraniwan sa kanyang buhay: Tulad ng karaniwang tao, pangkaraniwan lamang ang buhay niya, umaalis upang magtrabaho sa pagsikat ng araw at umuuwi upang magpahinga sa paglubog ng araw. Ang pagkakaiba ay noong panahon ng mga ilang pangkaraniwang dekada sa kanyang buhay, siya ay nagkamit ng isang kabatiran sa daan ng Diyos, at natanto at naintindihan niya ang matinding lakas at kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, na hindi nagawa ng ibang tao. Hindi siya mas matalino kaysa sa ibang pangkaraniwang tao, ang kanyang buhay ay lalo nang hindi matatag, at, bukod dito, wala siyang nakatagong natatanging kakayahan. Subalit, ang taglay niya, ay personalidad na tapat, mabait, matuwid, isang personalidad na nagmahal sa pagiging patas at pagiging matuwid, at nagmahal ng mga positibong bagay—wala sa mga bagay na ito ang taglay ng karamihan sa mga karaniwang tao. Nakilala niya ang pagkakaiba ng pag-ibig at poot, may pagkaunawa sa katarungan, matibay at matiyaga, at maingat na nagbigay-pansin sa mga detalye sa kanyang pag-iisip. Dahil dito, sa kanyang pangkaraniwang panahon sa lupa, nakita niya ang lahat ng hindi pangkaraniwang mga bagay na ginawa ng Diyos, at nakita ang kadakilaan, kabanalan, at ang pagiging matuwid ng Diyos, nakita niya ang pagmamalasakit ng Diyos, kagandahang-loob, at

pag-iingat para sa tao, at nakita niya ang kadakilaan at awtoridad ng kataas-taasang Diyos. Ang unang dahilan kung bakit nagawa ni Job na makamit ang mga bagay na ito, na higit pa sa kayang isipin ng pangkaraniwang tao, ay dahil nagkaroon siya ng isang dalisay na puso, at ang kanyang puso ay pag-aari ng Diyos, at pinangungunahan ng Lumikha. Ang ikalawang dahilan ay ang kanyang paghahangad: ang kanyang paghahangad ng pagiging walang kapintasan at perpekto, at ang pagiging isang tao na sumunod sa kalooban ng Langit, na mahal ng Diyos, at na lumayo sa kasamaan. Si Job ay nagtaglay at naghangad ng mga bagay na ito kahit nang hindi nakikita ang Diyos o naririnig ang mga salita ng Diyos; bagaman hindi niya kailanman nakita ang Diyos, naintindihan niya kung paano pinamamahalaan ng Diyos ang lahat ng bagay, at naintindihan din niya ang karunungan na pinapairal ng Diyos. Kahit hindi niya kailanman narinig ang mga salita na sinabi ng Diyos, alam ni Job na ang mga gawa ng paggantimpala sa tao at pagbawi mula sa tao ay nanggagaling lahat sa Diyos. Bagama't ang mga taon ng kanyang buhay ay hindi naiiba sa buhay ng mga pangkaraniwang tao, hindi niya hinayaan ang pagiging pangkaraniwan ng kanyang buhay na maapektuhan ang kanyang kaalaman sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay, o maapektuhan ang kanyang pagsunod sa daan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan. Sa kanyang mga mata, ang mga batas ng lahat ng bagay ay puno ng mga gawa ng Diyos, at ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos ay maaaring makita sa anumang bahagi ng buhay ng isang tao. Hindi niya nakita ang Diyos, ngunit nagawa niyang maunawaan na ang mga gawa ng Diyos ay nasa lahat ng dako, at sa kanyang pangkaraniwang panahon sa lupa, sa bawat sulok ng kanyang buhay, nagawa niyang makita at maunawaan ang pambihira at kahanga-hangang mga gawa ng Diyos, at nagawa niyang makita ang nakamamanghang mga pagsasaayos ng Diyos. Ang pagkakatago at katahimikan ng Diyos ay hindi humadlang sa pagkaunawa ni Job sa mga gawa ng Diyos, at hindi rin nito naapektuhan ang kanyang kaalaman sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay. Ang kanyang buong buhay ang naging katuparan ng kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos, na nakatago sa gitna ng lahat ng bagay. Sa kanyang araw-araw na buhay narinig din niya at naintindihan ang tinig ng puso ng Diyos, at ang mga salita ng Diyos, na tahimik sa gitna ng lahat ng bagay, subalit nagpapahayag ng tinig ng Kanyang puso at ng Kanyang mga salita sa pamamagitan ng pamamahala sa mga kautusan sa lahat ng bagay. Kung gayon, nakikita mo na kung ang mga tao ay may pagkatao at paghahangad na katulad ng kay Job, maaari nilang makamit ang pagkaunawa at kaalaman na tulad ng kay Job, at maaari nilang makuha ang pagkaunawa at kaalaman tungkol sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay, gaya ng nakuha ni Job. Ang Diyos ay hindi nagpakita kay Job o nagsalita sa kanya, ngunit nagawa ni Job na maging perpekto, at matuwid, at magkaroon ng takot sa Diyos at lumayo sa kasamaan. Sa madaling salita, kahit na hindi nagpakita o nangusap sa mga tao ang Diyos, ang mga gawa ng Diyos sa gitna ng lahat ng bagay at ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan sa

lahat ng bagay ay sapat na upang ang tao ay magkaroon ng kamalayan sa pag-iral, kapangyarihan, at awtoridad ng Diyos, at ang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos ay sapat na upang ang taong ito ay sumunod sa daan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan. Dahil ang isang ordinaryong tao na tulad ni Job ay nakayanang magkaroon ng takot sa Diyos at lumayo sa kasamaan, bawat pangkaraniwang tao na sumusunod sa Diyos ay dapat makagawa rin nito. Bagama't ang mga salitang ito ay tila mga lohikal na konklusyon, hindi nito sinasalungat ang mga batas ng mga bagay. Ngunit ang mga katunayan ay hindi tumugma sa mga inaasahan: Tila ang pagkakaroon ng takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan ay pinangangalagaan ni Job at ni Job lamang. Sa pagbanggit ng “may takot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan,” iniisip ng mga tao na si Job lang ang dapat na gumawa nito, na para bang ang daan ng pagkatakot sa Diyos at paglayo sa kasamaan ay tinatakan ng pangalan ni Job at walang kinalaman sa ibang tao. Ang dahilan nito ay malinaw: Dahil si Job lamang ang may taglay ng isang personalidad na tapat, mabait, at matuwid, at nagmahal sa pagkamakatarungan at pagiging matuwid at sa mga bagay na positibo, si Job lang ang maaaring sumunod sa daan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan. Dapat ay naiintindihan ninyong lahat ang mga pahiwatig dito—dahil walang sinuman ang nagtataglay ng isang pagkatao na tapat, mabait, at matuwid, at nagmamahal sa pagkamakatarungan at pagiging matuwid at sa lahat ng positibo, walang sinuman ang nagkakaroon ng takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan, at dahil dito, hindi kailanman makakamit ng mga tao ang kagalakan ng Diyos o kaya ay makatitindig nang matatag sa gitna ng mga pagsubok. Nangangahulugan din ito na maliban kay Job, ang lahat ng tao ay nakatali pa rin at nasa bitag ni Satanas; silang lahat ay pinararatangan, inaatake, at inaabuso nito. Sila ang mga sinusubukang lunukin ni Satanas, at silang lahat ay walang kalayaan, mga bilanggo na nabihag ni Satanas.

Kung ang Puso ng Tao ay may Pagkapoot sa Diyos, Paano Siya Magkakaroon ng Takot sa Diyos at Makalalayo sa Kasamaan?

Dahil ang mga tao sa ngayon ay hindi nagtataglay ng pagkatao na gaya ng kay Job, ano ang kanilang kalikasan at diwa, at ang kanilang saloobin sa Diyos? Natatakot ba sila sa Diyos? Lumalayo ba sila sa kasamaan? Ang mga walang takot sa Diyos o hindi lumalayo sa kasamaan ay maaari lamang na ilarawan sa tatlong salita: “kaaway ng Diyos.” Madalas ninyong sabihin ang tatlong salitang ito, ngunit hindi ninyo kailanman nalaman ang kanilang tunay na kahulugan. Ang mga salitang “kaaway ng Diyos” ay may ganitong diwa: Ang mga ito ay hindi nagsasabi na nakikita ng Diyos ang tao bilang kaaway, kundi ang tao ay nakikita ang Diyos bilang kaaway. Una, kapag ang mga tao ay nagsimulang maniwala sa Diyos, sino sa kanila ang walang sariling mga layunin, motibasyon, at ambisyon? Kahit na may isang bahagi sa kanila na naniniwala sa pag-iral ng Diyos, at nakakita sa pag-iral ng Diyos, ang kanilang paniniwala sa Diyos ay naglalaman pa rin ng ganoong mga motibasyon, at ang kanilang pangunahing layunin

sa paniniwala sa Diyos ay ang pagtanggap ng Kanyang mga pagpapala at ng mga bagay na gusto nila. Sa mga karanasan ng tao sa kanilang buhay, madalas nilang naiisip sa kanilang sarili: “Isinuko ko ang aking pamilya at karera para sa Diyos, at ano ang ibinigay Niya sa akin? Dapat kong makita ang kabuuan nito, at siguraduhin ito—may natanggap ba ako na anumang pagpapala kamakailan? Marami ang ibinigay ko sa pagkakataong ito, ako ay tumakbo nang tumakbo, at labis na nagdusa—may ibinalik bang anumang pangako ang Diyos? Naalala ba Niya ang aking mabubuting gawa? Ano ang magiging katapusan ko? Maaari ko bang matanggap ang mga pagpapala ng Diyos? ...” Ang bawat tao ay madalas na gumagawa ng ganitong mga pagkalkula sa loob ng kanilang puso, at humihingi sila sa Diyos ng mga bagay na nagtataglay ng kanilang mga motibasyon, ambisyon, at transaksiyonal na pag-iisip. Ibig sabihin, sa kanyang puso, ang tao ay patuloy na sinusubukan ang Diyos, patuloy na gumagawa ng mga plano tungkol sa Diyos, at patuloy na nangangatwiran sa Diyos para sa kanyang sariling katapusan, at sinusubukang makakuha ng pahayag mula sa Diyos, tinitingnan kung maaaring ibigay o hindi ng Diyos ang kanyang nais. Kasabay ng paghahangad sa Diyos, hindi itinuturing ng tao ang Diyos bilang Diyos. Palagi niyang sinusubukang makipagtawaran sa Diyos, walang hinto sa paghingi sa Kanya, at pinipilit pa Siya sa bawat hakbang, tinatangkang humingi nang higit pa matapos mapagbigyan nang kaunti. Kasabay ng pagsisikap na makipagtawaran sa Diyos, ang tao ay nakikipagtalo rin sa Kanya, at mayroon pang mga tao na, kapag may dumarating na mga pagsubok sa kanila o kaya ay nalagay sila mismo sa ilang sitwasyon, madalas na sila ay nagiging mahina, pasibo, at pabaya sa kanilang trabaho, at puno ng mga reklamo tungkol sa Diyos. Magmula ng ang tao ay magsimulang maniwala sa Diyos, itinuturing ng tao ang Diyos na isang kornukopya, isang Swiss Army na lanseta, at itinuturing ang sarili niya na pinakamalaking pinagkakautangan ng Diyos, na para bang ang pagsisikap na makakuha ng mga pagpapala at pangako mula sa Diyos ay ang kanyang likas na karapatan at obligasyon, habang ang responsibilidad ng Diyos ay ang ingatan at pangalagaan ang tao at magbigay ng pangtustos sa kanya. Ganito ang pangunahing pagkaunawa sa “paniniwala sa Diyos,” ng lahat ng taong naniniwala sa Diyos, at ito ang kanilang pinakamalalim na pagkaunawa sa konsepto ng paniniwala sa Diyos. Mula sa kalikasan at diwa ng tao hanggang sa kanyang pansariling hangarin, wala sa mga ito ang may kinalaman sa takot sa Diyos. Hindi maaari na ang layunin ng tao sa paniniwala sa Diyos ay may kinalaman sa pagsamba sa Diyos. Ibig sabihin, hindi kailanman itinuring o naintindihan ng tao na ang paniniwala sa Diyos ay nangangailangan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos, at pagsamba sa Diyos. Sa harap ng ganitong mga kalagayan, ang diwa ng tao ay halatang-halata. At ano ang diwa na ito? Ito ay ang puso ng tao na may masamang hangarin, nagkikimkim ng pagtataksil at panlilinlang, walang pagmamahal sa pagiging patas at pagiging matuwid, o sa mga bagay na positibo, at ito ay kamuhimuhi at sakim. Ang puso ng tao ay hindi na magiging mas sarado pa sa Diyos; hindi pa talaga niya ito ibinigay sa Diyos. Hindi pa kailanman nakita ng Diyos ang tunay na puso

ng tao, at hindi rin Siya kailanman sinamba ng tao. Gaano man kalaki ang halagang binabayaran ng Diyos, o gaano man karaming gawain ang Kanyang ginagawa, o gaano man karami ang binibigay Niya sa tao, ang tao ay nananatiling bulag dito, at lubos na walang malasakit. Hindi kailanman ibinigay ng tao ang kanyang puso sa Diyos, gusto niya lang na pangalagaan mismo ang kanyang puso, gumawa ng kanyang mga sariling desisyon—ang ibig sabihin ay hindi niya nais na sundan ang daan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan, o sundin ang kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos, at hindi niya rin gusto na sambahin ang Diyos bilang Diyos. Ganito ang kalagayan ng tao sa kasalukuyan. Ngayon tingnan muli natin si Job. Una sa lahat, gumawa ba siya ng kasunduan sa Diyos? Mayroon ba siyang mga natatagong motibo sa kanyang matibay na paghawak sa daan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan? Noong panahong iyon, ang Diyos ba ay nagsalita sa sinuman tungkol sa paparating na katapusan? Sa panahong iyon, ang Diyos ay hindi nangako sa kanino man tungkol sa katapusan, at sa ganitong kalagayan nagawa ni Job na matakot sa Diyos at lumayo sa kasamaan. Ang mga tao ba sa ngayon ay maaaring maihambing kay Job? Masyadong maraming pagkakaiba; sila ay nasa magkakaibang mga antas. Kahit na kakaunti lamang ang kaalaman ni Job tungkol sa Diyos, naibigay na niya ang kanyang puso sa Diyos at pagmamay-ari na ito ng Diyos. Siya ay hindi kailanman gumawa ng kasunduan sa Diyos, at walang marangyang hinahangad o hinihingi sa Diyos; sa halip, naniwala siya na “Si Jehova ang nagbigay, at si Jehova ang nag-alis.” Ito ay kung ano ang kanyang nakita at nakuha mula sa pagiging totoo sa daan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan sa maraming taon ng buhay. Gayundin, nakamit niya ang kinalabasan na nakapaloob sa mga salitang ito: “Tatanggap ba tayo ng mabuti sa kamay ng Diyos, at hindi tayo tatanggap ng masama?” Ang dalawang pangungusap na ito ay nagsasaad ng kanyang nakita at nalaman bilang resulta ng kanyang saloobin sa pagsunod sa Diyos sa mga naranasan niya sa buhay, at ang mga ito rin ang kanyang mga pinakamakapangyarihang sandata kung saan nagtagumpay siya laban sa mga panunukso ni Satanas, at ang saligan ng kanyang katatagan sa patotoo sa Diyos. Sa puntong ito, nakikita ba ninyo si Job bilang isang kaibig-ibig na tao? Nais ba ninyong maging ganitong uri ng tao? Natatakot ba kayong sumailalim sa mga panunukso ni Satanas? Napagpasyahan na ba ninyong ipanalangin na iharap kayo ng Diyos sa mga pagsubok na tulad ng mga pinagdaanan ni Job? Walang pag-aalinlangan, karamihan sa mga tao ay hindi maglalakas-loob na manalangin para sa mga ganitong bagay. Kung gayon, maliwanag na ang inyong pananampalataya ay nakakaawa sa liit; kung ihahambing kay Job, ang inyong pananampalataya ay talagang hindi karapat-dapat na banggitin. Kayo ang mga kaaway ng Diyos, wala kayong takot sa Diyos, hindi kayo nakakatayo nang matatag sa inyong patotoo sa Diyos, at hindi ninyo kayang pagtagumpayan ang mga pag-atake, paratang at panunukso ni Satanas. Anong mayroon kayo upang maging karapat-dapat na tumanggap ng mga pangako ng Diyos? Pagkatapos ninyong marinig ang kuwento ni Job at maintindihan ang layunin ng Diyos

sa pagliligtas sa tao at ang kahulugan ng kaligtasan ng tao, kayo ba ngayon ay mayroon nang pananampalataya na tanggapin ang parehong mga pagsubok na gaya ni Job? Hindi ba't dapat ay mayroon kayong kaunting kapasyahan upang tulutan ang inyong mga sarili na sundan ang daan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan?

Huwag Magkaroon ng Pangamba sa mga Pagsubok ng Diyos

Pagkatapos makatanggap ng patotoo mula kay Job kasunod ng pagwawakas ng kanyang mga pagsubok, nagpasya ang Diyos na Siya ay makakakuha ng isang grupo—o higit pa sa isang grupo—ng mga tao na kagaya ni Job, ngunit nagpasya Siya na hindi na kailanman muling payagan si Satanas na atakihin o abusuhin ang sinumang tao gamit ang mga paraan kung paano nito tinukso, inatake, at inabuso si Job, sa pamamagitan ng pakikipagpustahan sa Diyos; hindi na kailanman pinahintulutan ng Diyos si Satanas na muling gawin ang mga ganoong bagay sa tao, na mahina, hangal, at mangmang—sapat na ang panunukso ni Satanas kay Job! Ang hindi pagpapahintulot kay Satanas na abusuhin ang mga tao sa anumang paraan na nais nito ay ang awa ng Diyos. Para sa Diyos, sapat na ang pagdurusa ni Job sa tukso at pang-aabuso ni Satanas. Hindi na kailanman pinahintulutan ng Diyos si Satanas na muling gawin ang mga ganoong bagay, dahil ang mga buhay at lahat ng bagay sa mga taong sumusunod sa Diyos ay pinamamahalaan at pinangangasiwaan ng Diyos, at si Satanas ay walang karapatan na manipulahin ang mga hinirang ng Diyos sa anumang paraang gusto nito—dapat malinaw sa inyo ang puntong ito! Nagmamalasakit ang Diyos sa kahinaan ng tao, at nauunawaan ang kanyang kahangalan at kamangmangan. Bagama't upang ang tao ay ganap na mailigtas, kailangan siyang ibigay ng Diyos kay Satanas, ayaw makita ng Diyos na pinaglalaruan na parang isang hangal at inaabuso ni Satanas ang tao, at hindi Niya nais na makita ang tao na laging nahihirapan. Ang tao ay nilalang ng Diyos, at itinakda ng Langit at kinilala ng lupa na ang Diyos ang mamamahala at magsasaayos sa lahat tungkol sa tao; ito ay ang responsibilidad ng Diyos, at ang awtoridad kung saan pinamamahalaan ng Diyos ang lahat ng bagay! Hindi pinahihintulutan ng Diyos si Satanas na abusuhin at tratuhin ang tao nang masama kung kailan nito gusto, hindi Niya pinahihintulutan si Satanas na gumamit ng iba't ibang paraan upang iligaw ang tao, at higit pa rito, hindi Niya pinahihintulutan si Satanas na makialam sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa tao, at hindi niya pinahihintulutan si Satanas na tapakan at sirain ang mga batas kung paano pinamamahalaan ng Diyos ang lahat ng bagay, bukod pa sa dakilang gawain ng Diyos na pamamahala at pagliligtas sa sangkatauhan! Ang sinumang nais na iligtas ng Diyos, at ang mga taong nagawang magpatotoo sa Diyos, ay ang kaibuturan at tiyak na pagpapalinaw sa gawain ng anim na libong taon na plano ng pamamahala ng Diyos, pati na rin ang halaga ng Kanyang mga pagsusumikap sa Kanyang anim na libong taong gawain. Paano magagawa ng Diyos na basta na lamang ibigay ang mga taong ito kay Satanas?

Ang mga tao ay madalas na nag-aalala at natatakot sa mga pagsubok ng Diyos, gayunman, sa lahat ng oras sila ay nabubuhay sa bitag ni Satanas, at naninirahan sa mapanganib na teritoryo kung saan sila ay nilulusob at inaabuso ni Satanas—ngunit sila ay walang takot, at panatag. Ano ang nangyayari? Ang pananampalataya ng tao sa Diyos ay limitado lamang sa mga bagay na kanyang makikita. Wala siya ni kaunting pagpapahalaga sa pagmamahal at pagmamalasakit ng Diyos para sa tao, o sa Kanyang pagmamahal at pagsasaalang-alang sa tao. Ngunit para sa isang maliit na pangamba at takot tungkol sa mga pagsubok, paghatol at pagkastigo ng Diyos, at sa Kanyang pagiging maharlika at poot, ang tao ay wala kahit kaunting pagkaunawa sa magagandang layunin ng Diyos. Sa pagbanggit ng mga pagsubok, ang pakiramdam ng tao ay para bang mayroong mga natatagong motibo ang Diyos, at ang ilan ay naniniwala pa na may masamang balak ang Diyos, walang kamalay-malay sa kung ano ang talagang gagawin ng Diyos sa kanila; dahil dito, kasabay ng pagsigaw na sumunod sa kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos, ginagawa nila ang lahat ng kanilang makakaya upang pigilan at labanan ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa tao at mga pagsasaayos para sa tao, dahil naniniwala sila na kung hindi sila maingat sila ay ililigaw ng Diyos, na kung hindi nila mahigpit na mahahawakan ang kanilang sariling mga kapalaran, ang lahat ng mayroon sila ay maaaring kunin ng Diyos, at maging ang kanilang buhay ay maaaring magwakas. Ang tao ay nasa kampo ni Satanas, ngunit siya ay hindi kailanman nag-aalala tungkol sa pang-aabuso ni Satanas, at siya ay inaabuso ni Satanas ngunit hindi kailanman natatakot na mabihag ni Satanas. Palagi niyang sinasabi na tinatanggap niya ang kaligtasan ng Diyos, subalit hindi niya kailanman pinagkatiwalaan ang Diyos o pinaniwalaan na ang Diyos ay tunay na magliligtas sa tao mula sa mga kuko ni Satanas. Tulad ni Job, kung magagawa ng tao na magpasakop sa mga pangangasiwa at pagsasaayos ng Diyos, at magagawa niyang ibigay ang kanyang buong katauhan sa mga kamay ng Diyos, hindi ba't ang katapusan ng tao ay magiging katulad ng naging katapusan ni Job—ang pagkatanggap ng mga pagpapala ng Diyos? Kung magagawa ng tao na tanggapin at magpasakop sa pamamahala ng Diyos, anong maiwawala roon? Kaya naman, iminumungkahi Ko na maging maingat kayo sa inyong mga kilos, at maingat sa lahat ng bagay na parating sa inyo. Huwag maging pangahas o pabigla-bigla, at huwag tratuhin ang Diyos at ang mga tao, pangyayari, at bagay na inayos Niya para sa inyo ayon sa inyong pagiging mainitin ang ulo o sa inyong likas na katangian, o ayon sa inyong mga imahinasyon at kuru-kuro; dapat kayong maging maingat sa inyong mga kilos, at dapat kayong manalangin at maghanap nang higit pa, upang maiwasan ninyo ang pag-udyok sa galit ng Diyos. Tandaan ito!

Susunod, titingnan natin ang kalagayan ni Job matapos ang kanyang mga pagsubok.

5. Si Job Pagkatapos ng Kanyang mga Pagsubok

Job 42:7–9 At nangyari, na pagkatapos na masabi ni Jehova ang mga salitang ito kay Job, sinabi ni Jehova kay Eliphaz na Temanita, “Ang Aking poot ay nag-aalab laban sa iyo, at laban

sa iyong dalawang kaibigan: sapagkat hindi kayo nangagsalita tungkol sa Akin ng bagay na matuwid, na gaya ng ginawa ng Aking lingkod na si Job. Kaya't magsikuha kayo sa inyo ngayon ng pitong guyang baka, at pitong lalaking tupa, at magsiparoon kayo sa Aking lingkod na si Job, at ihandog ninyo sa ganang inyo na pinakahandog na susunugin: at idadalangin kayo ng Aking lingkod na si Job: sapagkat siya'y Aking tatanggapin, baka kayo'y Aking gawan ng ayon sa inyong kamangmangan; sapagkat hindi kayo nangagsasalita tungkol sa Akin ng bagay na matuwid, na gaya ng Aking lingkod na si Job.” Sa gayo'y nagsiyaon si Eliphaz na Temanita, at si Bildad na Suhita, at si Sophar na Naamatita, at ginawa ang ayon sa iniutos sa kanila ni Jehova: at nilingap ni Jehova si Job.

Job 42:10 At inalis ni Jehova ang pagkabihag ni Job, nang kayang idalangin ang kanyang mga kaibigan; at binigyan ni Jehova si Job na makalawa ang higit ng dami kaysa sa tinatangkilik niya dati.

Job 42:12 Sa gayo'y pinagpala ni Jehova, ang huling wakas ni Job na higit kaysa sa kanyang pasimula: at siya'y nagkaroon ng labing apat na libong tupa, at anim na libong kamelyo, at isang libong tuwang na baka, at isang libong asnong babae.

Job 42:17 Gayon namatay si Job, na matanda at puspos ng mga kaarawan.

Ang mga Natatakot sa Diyos at Lumalayo sa Kasamaan ay Tinitingnan ng Diyos nang may Pagtatangi, Habang ang mga Hangal ay Mababa sa Paningin ng Diyos

Sa Job 42:7–9, sinasabi ng Diyos na si Job ay Kanyang lingkod. Ang Kanyang paggamit ng salitang “lingkod” upang tukuyin si Job ay nagpapakita ng kahalagahan ni Job sa Kanyang puso; bagama't hindi tinawag ng Diyos si Job gamit ang mas mataas na titulo, ang pangalang ito ay walang kinalaman sa kahalagahan ni Job sa loob ng puso ng Diyos. Ang “lingkod” dito ay palayaw ng Diyos para kay Job. Ang pagtukoy ng Diyos kay Job bilang “Aking lingkod na si Job” nang maraming beses ay nagpapakita ng Kanyang pagkalugod kay Job. Kahit hindi sinabi ng Diyos ang ibig sabihin ng salitang “lingkod,” ang kahulugan ng Diyos sa salitang “lingkod” ay makikita sa Kanyang mga salita sa siping ito na galing sa kasulatan. Unang sinabi ng Diyos kay Eliphaz na Temanita: “Ang Aking poot ay nag-aalab laban sa iyo, at laban sa iyong dalawang kaibigan: sapagkat hindi kayo nangagsalita tungkol sa Akin ng bagay na matuwid, na gaya ng ginawa ng Aking lingkod na si Job.” Ang mga salitang ito ay ang unang pagkakataon na ang Diyos ay lantarang nagsabi sa mga tao na tinanggap Niya ang lahat nang sinabi at ginawa ni Job matapos ang mga pagsubok sa kanya ng Diyos, at ang unang pagkakataon na Siya ay lantarang nagpatibay sa kawastuhan at katumpakan ng lahat ng ginawa at sinabi ni Job. Ang Diyos ay nagalit kay Eliphaz at sa iba dahil sa kanilang mali, at wala sa katwirang diskurso, dahil, gaya ni Job, hindi nila nakikita ang pagpapakita ng Diyos o naririnig ang mga salitang sinabi Niya sa kanilang buhay, subalit si Job ay may tumpak na kaalaman tungkol sa Diyos, samantalang sila ay bulag na nanghula lamang tungkol sa Diyos, lumalabag sa kalooban ng Diyos at sinusubukan

ang Kanyang pasensya sa lahat ng kanilang ginawa. Dahil dito, kasabay ng pagtanggap sa lahat ng ginawa at sinabi ni Job, ang Diyos ay napoot sa iba, sapagkat wala Siyang nakita sa kanila na anumang realidad ng takot sa Diyos, at wala rin Siyang narinig tungkol sa takot sa Diyos sa kanilang mga sinabi. At dahil dito, ang sumunod na ginawa ng Diyos ay ang utusan sila: “Kaya’t magsikuha kayo sa inyo ngayon ng pitong guyang baka, at pitong lalaking tupa, at magsiparoon kayo sa Aking lingkod na si Job, at ihandog ninyo sa ganang inyo na pinakahandog na susunugin: at idadalangin kayo ng Aking lingkod na si Job: sapagkat siya’y Aking tatanggapin, baka kayo’y Aking gawan ng ayon sa inyong kamangmangan.” Sa siping ito, ang Diyos ay nagsabi kay Eliphaz at sa iba pa na gawin ang isang bagay na tutubos sa kanilang mga kasalanan, dahil ang kanilang kamangmangan ay isang kasalanan laban sa Diyos na si Jehova, at ganoon na nga, sila ay kailangang maghanda ng mga handog na susunugin upang malunasan ang kanilang mga pagkakamali. Ang mga sinunog na handog ay mga kadalasan nang iniaalay sa Diyos, ngunit ang hindi pangkaraniwan tungkol sa mga sinunog na handog na ito ay ang pag-aalay ng mga ito kay Job. Si Job ay tinanggap ng Diyos dahil nagpatotoo siya sa Diyos sa panahon ng kanyang mga pagsubok. Samantala, ang mga kaibigan na ito ni Job, ay naibunyag sa panahon ng kanyang mga pagsubok; dahil sa kanilang kamangmangan, sila ay kinondena ng Diyos, at inudyok nila ang poot ng Diyos, at dapat silang parusahan ng Diyos—parusahan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga handog na susunugin sa harap ni Job—pagkatapos nito, ipinanalangin sila ni Job upang ilayo sa kanila ang kaparusahan at poot ng Diyos. Ang layunin ng Diyos ay upang magdala ng kahihiyan sa kanila, sapagkat sila ay mga taong walang takot sa Diyos at hindi lumayo sa kasamaan, at kinondena nila ang katapatan ni Job. Sa isang banda, sinabi sa kanila ng Diyos na hindi Niya tinanggap ang kanilang mga kilos ngunit lubos Niyang tinanggap at ikinatuwa si Job; sa isa pa, sinabi sa kanila ng Diyos na ang pagtanggap ng Diyos sa tao ay pagtataas sa tao sa harap ng Diyos, na ang tao ay kinamumuhian ng Diyos dahil sa kanyang kamangmangan, at nagkakasala sa Diyos dahil dito, at mababa at marumi sa paningin ng Diyos. Ito ang mga kahulugan na ibinigay ng Diyos sa dalawang uri ng mga tao, ito ang mga saloobin ng Diyos sa dalawang uring ito ng mga tao, at ito ang mga salita ng Diyos tungkol sa halaga at katayuan ng dalawang uring ito ng mga tao. Kahit na tinawag ng Diyos si Job na Kanyang lingkod, sa mata ng Diyos ang lingkod na ito ay minamahal, at binigyan ng awtoridad na manalangin para sa iba at patawarin sila sa kanilang mga pagkakamali. Itong “lingkod” na ito ay maaaring makipag-usap at ganap na makalapit sa Diyos, at ang kanyang katayuan ay mas mataas at mas marangal kaysa sa iba. Ito ay ang tunay na kahulugan ng salitang “lingkod” na sinabi ng Diyos. Si Job ay binigyan nitong natatanging karangalan dahil sa kanyang takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan, at ang dahilan kung bakit hindi tinawag ang iba na mga lingkod ng Diyos ay dahil hindi sila natakot sa Diyos at lumayo sa kasamaan. Ang dalawang maliwanag na magkaibang uri ng mga saloobin ng Diyos ay ang Kanyang mga saloobin sa dalawang uri ng mga tao: Ang mga taong may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan ay

tinatanggap ng Diyos, at nakikita bilang mahalaga sa Kanyang mga mata, habang ang mga taong hangal na hindi natatakot sa Diyos, ay hindi nakakayanang lumayo sa kasamaan, at hindi maaaring tumanggap ng pabor sa Diyos; sila ay madalas na kinapopootan at kinokondena ng Diyos, at mababa sa paningin ng Diyos.

Ang Diyos ay Nagbibigay ng Awtoridad kay Job

Si Job ay nanalangin para sa kanyang mga kaibigan, at pagkatapos nito, dahil sa mga panalangin ni Job, hindi na sila pinakitunguhan ng Diyos ayon sa kanilang kamangmangan—hindi Niya sila pinarusahan o ginawan ng anumang pagganti. At bakit ganoon? Dahil umabot sa Kanyang tainga ang mga panalangin para sa kanila ng lingkod ng Diyos, na si Job; pinatawad sila ng Diyos dahil tinanggap Niya ang mga panalangin ni Job. At ano ang nakikita natin dito? Kapag pinagpapala ng Diyos ang isang tao, Siya ay nagbibigay sa kanila ng maraming gantimpala, at hindi lamang mga materyal na pagpapala: Ang Diyos ay nagbibigay rin sa kanila ng awtoridad, at ginagawa silang karapat-dapat na manalangin para sa iba, at kinakalimutan ng Diyos, at pinapalampas ang mga paglabag ng mga taong iyan dahil naririnig Niya ang mga panalanging ito. Ito mismo ang awtoridad na ibinigay ng Diyos kay Job. Sa pamamagitan ng mga panalangin ni Job upang ihinto ang pagkokondena sa kanila, nagdala ang Diyos na si Jehova ng kahihyan sa hangal na mga taong ito—na, natural lamang, ay siya ring natatanging kaparusahan Niya para kay Eliphaz at sa iba pa.

Si Job ay Muling Pinagpala ng Diyos, at Hindi na Kailanman Muling Pinaratangan ni Satanas

Kabilang sa mga pabigkas ng Diyos na si Jehova ang mga salita na “hindi kayo nangagsalita tungkol sa Akin ng bagay na matuwid, na gaya ng ginawa ng Aking lingkod na si Job.” Ano itong sinabi ni Job? Ito ang dati na nating napag-usapan, pati na rin ang maraming pahina ng mga salita sa Aklat ni Job kung saan naitala na nangusap si Job. Sa lahat ng mga pahinang ito ng mga salita, hindi kailanman nagsabi si Job ng anumang reklamo o agam-agam tungkol sa Diyos. Hinintay lamang niya ang kalalabasan. Ang paghihintay na ito, na kanyang saloobin ng pagkamasunurin, ang nagbunga, at bilang resulta ng mga salitang sinabi niya sa Diyos, si Job ay tinanggap ng Diyos. Nang siya ay nagtiis sa mga pagsubok at dumanas ng paghihirap, ang Diyos ay nasa kanyang tabi, at kahit na ang kanyang paghihirap ay hindi nabawasan sa pamamagitan ng presensya ng Diyos, nakita ng Diyos kung ano ang nais Niyang makita, at narinig kung ano ang ibig Niyang marinig. Ang bawat isa sa mga kilos at salita ni Job ay umabot sa mga mata at tainga ng Diyos; narinig ng Diyos, at nakita Niya—at ito ang totoo. Ang kaalaman ni Job sa Diyos, at ang kanyang mga naiisip tungkol sa Diyos na palaging nasa kanyang puso, noong panahong iyon, ay hindi kasing tiyak ng mga naiisip ng tao sa panahon ngayon, ngunit sa konteksto ng oras, kinilala pa rin ng Diyos ang lahat ng kanyang mga sinabi, dahil ang kanyang pag-uugali at ang kanyang mga naiisip sa kanyang puso, at kung ano

ang kanyang ipinahayag at ibinunyag, ay sapat na para sa Kanyang mga hinihingi. Noong mga panahon na si Job ay sumailalim sa mga pagsubok, ang naisip niya sa puso niya at ang pinagpasyahan niyang gawin ay nagpakita sa Diyos ng isang kalalabasan, na kasiya-siya sa Diyos, at pagkatapos ay inalis ng Diyos ang mga pagsubok ni Job, si Job ay nangibabaw mula sa kanyang mga problema, at ang kanyang mga pagsubok ay nawala at hindi na kailanman muling bumalik sa kanya. Dahil si Job ay napasailalim na sa mga pagsubok, at nakatayo nang matatag sa panahong ito ng mga pagsubok, at ganap na nagtagumpay laban kay Satanas, binigyan siya ng Diyos ng mga biyaya na karapat-dapat lamang sa kanya. Gaya ng nakasulat sa Job 42:10, 12, si Job ay pinagpalang muli, at pinagpala nang higit pa sa dati. Sa oras na ito si Satanas ay sumuko, at hindi na nagsalita o gumawa ng anumang bagay, at mula noon ay hindi na pinanghimasukan o inatake ni Satanas si Job, at si Satanas ay hindi na nagparatang laban sa mga pagpapala ng Diyos kay Job.

Ginugol ni Job ang Huling Kalahati ng Kanyang Buhay sa Gitna ng mga Pagpapala ng Diyos

Kahit na ang Kanyang mga pagpapala nang panahong iyon ay limitado sa mga tupa, baka, kamelyo, materyal na mga ari-arian, at iba pa, ang mga pagpapalang nais ng Diyos na ipagkaloob kay Job sa Kanyang puso ay higit pa kaysa sa mga ito. Sa panahon na iyon may naitala ba kung anong uri ng walang hanggang mga pangako ang ninais na ibigay ng Diyos kay Job? Sa Kanyang mga pagpapala kay Job, ang Diyos ay hindi nagbanggit o nagsabi ng anumang tungkol sa katapusan ni Job, at anuman ang kahalagahan o posisyon na mayroon si Job sa puso ng Diyos, sa kabuuan, tumpak ang pagsukat ng Diyos sa Kanyang mga pagpapala. At hindi inihayag ng Diyos ang katapusan ni Job. Ano ang ibig sabihin nito? Sa pagkakataong ito, kapag ang plano ng Diyos ay hindi pa umaabot sa punto ng pagpapahayag ng katapusan ng tao, ang plano ay hindi pa pumapasok sa huling yugto ng Kanyang gawain, ang Diyos ay walang sinasabi tungkol sa katapusan, at nagbibigay lamang ng mga materyal na biyaya sa tao. Ibig sabihin nito, ang huling kalahating buhay ni Job ay ginugol niya sa gitna ng mga pagpapala ng Diyos, na siyang dahilan kung bakit siya naging kakaiba sa ibang tao—ngunit katulad nila siya ay tumanda, at tulad ng sinumang karaniwang tao, dumating din ang araw na siya ay nagpaalam sa mundo. Kaya ito naitala na “Gayon namatay si Job, na matanda at puspos ng mga kaarawan” (Job 42:17). Ano ang ibig sabihin ng “namatay na puspos ng kaarawan” dito? Noong panahon bago ipinahayag ng Diyos ang katapusan ng tao, nagtakda na ang Diyos ng inaasahang haba ng buhay ni Job, at nang umabot na sa edad na iyon, hinayaan na Niya ang likas na paglisan ni Job sa daigdig na ito. Mula sa ikalawang pagpapala kay Job hanggang sa kanyang kamatayan, ang Diyos ay hindi na nagdagdag pa ng anumang paghihirap. Para sa Diyos, ang pagkamatay ni Job ay likas lamang, at kinakailangan din; ito ay isang bagay na napaka-karaniwan, at hindi isang paghatol o pagkokondena. Habang siya ay nabubuhay pa, sumamba si Job at nanatiling may takot

sa Diyos; patungkol sa kung anong uri ng katapusan mayroon siya kasunod ng kanyang kamatayan, walang sinabi ang Diyos, at hindi Siya gumawa ng anumang komento tungkol dito. Lubos na ginagawang angkop ng Diyos ang Kanyang sinasabi at ginagawa, at ang nilalaman at mga prinsipyo ng Kanyang mga salita at mga kilos ay ayon sa yugto ng Kanyang gawain at sa panahon kung kailan Siya gumagawa. Anong uri ng katapusan ang mayroon ang isang tao na gaya ni Job sa puso ng Diyos? Nagkaroon ba ang Diyos ng anumang uri ng desisyon sa Kanyang puso? Natural na mayroon! Ito ay hindi na lamang ipinaalam sa tao; hindi na ito nais pang sabihin ng Diyos sa tao, at wala rin Siyang anumang balak na sabihin ito sa tao. Dahil dito, sa madaling salita, si Job ay pumanaw na puspos ng mga taon, at ganito ang buhay ni Job.

Ang Halagang Isinabuhay ni Job sa Kanyang Buong Buhay

Nabuhay ba si Job nang may kabuluhan? Nasaan ang kabuluhan? Bakit sinabi na nabuhay siya nang may kabuluhan? Sa tao, ano ang kanyang halaga? Mula sa paningin ng tao, kinatawan niya ang sangkatauhan na nais iligtas ng Diyos, at nagdadala ng isang maugong na patotoo sa Diyos sa harap ni Satanas at ng mga tao sa mundo. Tinupad niya ang tungkulin na dapat na tuparin ng isang nilalang ng Diyos, nagtakda ng isang mabuting halimbawa, at kumilos bilang isang huwaran, para sa lahat ng nais iligtas ng Diyos, na nagpahintulot sa mga tao upang makita na maaaring magtagumpay nang ganap laban kay Satanas sa pamamagitan ng pag-asa sa Diyos. Ano ang kanyang halaga sa Diyos? Sa Diyos, ang halaga ng buhay ni Job ay nasa kanyang kakayahan na magkaroon ng takot sa Diyos, sumamba sa Diyos, magpatotoo sa mga gawa ng Diyos, at purihin ang mga gawa ng Diyos, na nagdadala ng kaginhawahan sa Diyos at isang bagay na kasiya-siya; sa Diyos, ang halaga ng buhay ni Job ay makikita rin sa kung paano, bago ang kanyang kamatayan, naranasan ni Job ang mga pagsubok at magtagumpay laban kay Satanas, at nagkaroon ng umuugong na patotoo sa Diyos sa harap ni Satanas at ng mga tao ng daigdig, upang magtamo ng kaluwalhatian ang Diyos sa gitna ng sangkatauhan, inaaliw ang Kanyang puso, at pinahihintulutan ang Kanyang sabik na puso na masdan ang isang kinalabasan at makita ang pag-asa. Ang kanyang patotoo ay nagtakda ng isang maaaring pamarisan para sa kakayahan na maging matatag sa patotoo ng tao sa Diyos, at nagpadala ng kahihyan kay Satanas sa ngalan ng Diyos, sa gawain ng Diyos na pamahalaan ang sangkatauhan. Hindi ba ito ang halaga ng buhay ni Job? Si Job ay nagdulot ng kaginhawahan sa puso ng Diyos, ibinigay niya sa Diyos ang patikim sa saya ng pagtatamo ng kaluwalhatian, at nagbigay ng isang kahanga-hangang simula para sa plano ng pamamahala ng Diyos. Mula sa puntong ito, ang pangalan na Job ay naging isang simbolo ng pagtatamo ng kaluwalhatian ng Diyos, at isang tanda ng pagtatagumpay ng sangkatauhan laban kay Satanas. Ang isinabuhay ni Job buong buhay niya at ang kanyang kapansin-pansin na tagumpay laban kay Satanas ay itatangi ng Diyos magpakailanman, at ang kanyang pagka-perpekto at pagkamatuwid, at takot sa Diyos ay igagalang at tutularan ng mga henerasyon na

darating. Siya ay itatangi ng Diyos magpakailanman tulad ng isang walang-kapintasan at makinang na perlas, at dahil dito siya ay karapat-dapat na pahalagahan din ng tao! Susunod, tingnan natin ang gawain ng Diyos sa Kapanahunan ng Kautusan.

D. Ang mga Alituntunin sa Kapanahunan ng Kautusan

Ang Sampung Utos

Ang mga Prinsipyo para sa Paggawa ng mga Altar

Mga Alituntunin para sa Pakikitungo sa mga Tagapaglingkod

Mga Alituntunin para sa Pagnanakaw at Kabayaran

Pagpapanatili ng Taon ng Sabbath at ang Tatlong Pista

Mga Alituntunin para sa Araw ng Sabbath

Mga Alituntunin para sa mga Handog

Mga Sinunog na Handog

Mga Handog na Harina

Mga Handog para sa Kapayapaan

Mga Handog para sa Kasalanan

Mga Handog para sa Pagkakasala

Mga Alituntunin para sa mga Handog ng mga Saserdote (Si Aaron at ang Kanyang mga Anak na Lalaki ay Inutusang Sumunod)

Mga Sinunog na Handog ng mga Saserdote

Mga Handog na Harina ng mga Saserdote

Mga Handog para sa Kasalanan ng mga Saserdote

Mga Handog para sa Pagkakasala ng mga Saserdote

Mga Handog para sa Kapayapaan ng mga Saserdote

Mga Alituntunin para sa Pagkain ng Handog ng mga Saserdote

Malinis at Hindi Malinis na mga Hayop (Ang mga Maaari at Hindi Maaaring Kainin)

Mga Alituntunin para sa Pagpapadalisay sa mga Babae Matapos Manganak

Mga Pamantayan para sa Pagsusuri ng Ketong

Mga Alituntunin Para sa mga Pinagaling mula sa Ketong

Mga Alituntunin para sa Paglilinis ng mga Nahawaang Bahay

Mga Alituntunin para sa mga Naghihirap Mula sa Hindi Pangkaraniwang Pagtagas

Ang Araw ng Pagbabayad-puri na Dapat Maganap Isang Beses sa Isang Taon

Mga Panuntunan para sa Pagpatay ng mga Baka at Tupa

Ang Pagbabawal sa Pagsunod sa mga Kasuklam-suklam na Gawain ng mga Hentil (Hindi Pakikiapid sa Kadugo at Iba pa)

Mga Alituntunin na Dapat Sundin ng mga Tao ("Kayo'y magpakabanal; sapagkat Akong si Jehova ninyong Diyos ay banal" (Levitico 19:2))

Ang Pagbibitay sa mga Nagsakripisyo ng Kanilang mga Anak kay Molec

Mga Alituntunin para sa Kaparusahan sa Krimen ng Pakikiapid

Mga Panuntunan na Dapat Sundin ng mga Saserdote (Mga Panuntunan para sa

Kanilang Pang-araw-araw na Pag-uugali, Panuntunan para sa Paggamit ng Banal na Bagay, Panuntunan para sa Paggawa ng Handog, at Iba pa)

Mga Kapistahan na Dapat Ganapin (Ang Araw ng Sabbath, Paskua, Pentecostes, ang Araw ng Pagbabayad-puri, at Iba pa)

Iba pang mga Alituntunin (Pagsusunog ng mga Lampara, ang Taon ng Jubileo, ang Pagtubos ng Lupa, Paggawa ng mga Panata, ang Paghahandog ng Ikapu, at Iba pa)

Ang mga Alituntunin ng Kapanahunan ng Kautusan ay ang Tunay na Katibayan ng Pamamahala ng Diyos sa Buong Sangkatauhan

Totoo ngang nabasa ninyo ang mga alituntunin at prinsipyo ng Kapanahunan ng Kautusan, hindi ba? Malawak ba ang saklaw ng mga alituntuning ito? Una, sinasakop nito ang Sampung Utos, matapos ay ang mga alituntunin kung paano bumuo ng mga dambana, at iba pa. Ang mga ito ay sinundan ng mga alituntunin para sa pagpapanatili ng Sabbath at pagdiriwang ng tatlong pista, matapos ay ang mga alituntunin tungkol sa mga handog. Nakita ba ninyo kung ilang uri ng handog ang mayroon? May mga handog na susunugin, handog na harina, handog para sa kapayapaan, handog para sa kasalanan, at iba pa. Ang mga ito ay sinundan ng mga alituntunin para sa mga handog ng mga saserdote, kabilang ang mga handog na susunugin at mga handog na harina ng mga saserdote, at iba pang mga uri ng mga handog. Ang ikawalong alituntunin ay para sa pagkain ng mga handog ng mga saserdote. At pagkatapos ay may mga alituntunin para sa kung ano ang dapat sundin sa panahon ng pamumuhay ng mga tao. May mga pagtatakda para sa maraming aspeto ng mga buhay ng mga tao, tulad ng mga alituntunin para sa kung ano ang kanilang maaari o hindi maaaring kainin, para sa pagpapadalisa ng mga babae matapos manganak, at para sa mga taong pinagaling sa ketong. Sa mga alituntunin na ito, ang Diyos ay lubhang nagsalita ng patungkol sa mga sakit, at mayroon pang mga panuntunan para sa pagpatay ng mga tupa at mga baka, at iba pa. Ang mga tupa at mga baka ay nilikha ng Diyos, at dapat mong patayin ang mga ito sa kung paano sa iyo sabihin ng Diyos; walang pagdududa na mayroong dahilan ang mga salita ng Diyos, at walang duda na tama lang na kumilos nang naaayon sa atas ng Diyos, at tiyak na kapaki-pakinabang sa mga tao! Mayroon ding mga kapistahan at mga panuntunan na dapat ganapin, tulad ng Araw ng Sabbath, Paskua, at marami pa—sinabi ng Diyos ang lahat ng ito. Tingnan natin ang mga nahuhuli: iba pang mga alituntunin—pagsusunog ng mga lampara, ang taon ng jubileo, ang pagtubos ng lupa, paggawa ng mga panata, ang paghahandog ng ikapu, at iba pa. Malawak ba ang saklaw nito? Ang unang bagay na dapat pag-usapan ay ang usapin tungkol sa handog ng mga tao, pagkatapos ay ang mga alituntunin para sa pagnanakaw at kabayaran, at ang pagsunod sa araw ng Sabbath...; bawat isang bahagi ng buhay ay kasama. Ibig sabihin, nang nagsimula ang Diyos sa opisyal na gawain ng Kanyang plano ng pamamahala, naglatag Siya ng maraming alituntunin na dapat sundin ng tao. Ang mga alituntunin na ito ay hinayaan ang tao na magkaroon ng normal na buhay sa mundo, isang pangkaraniwang buhay ng tao na hindi

maihihiwalay sa Diyos at sa Kanyang patnubay. Unang sinabi ng Diyos sa tao kung paano gumawa ng mga dambana, paano ilagay ang mga dambana. Pagkatapos, sinabi Niya sa tao kung paano gumawa ng mga handog, at itinatag kung paano dapat mabuhay ang tao—kung ano ang dapat niyang bigyang-pansin sa buhay, kung ano ang dapat niyang sundin, kung ano ang dapat at hindi niya dapat gawin. Ang ibinigay ng Diyos para sa tao ay sumasakop sa lahat, at sa mga kaugalian, alituntunin, at mga prinsipyo na ito ay nagbigay Siya ng mga pamantayan para sa pag-uugali ng mga tao, ginabayan Niya ang kanilang mga buhay, ginabayan ang kanilang pagtanggap sa mga kautusan ng Diyos, ginabayan sila sa paglapit sa harap ng dambana ng Diyos, pinatnubayan sila sa pagkakaroon ng buhay sa gitna ng lahat ng bagay na ginawa ng Diyos para sa tao nang may kaayusan, regularidad, at pagka-katamtaman. Unang ginamit ng Diyos ang mga simpleng alituntunin at mga prinsipyo upang magtakda ng mga hangganan para sa tao, upang sa lupa ay magkaroon ang tao ng isang normal na buhay na sumasamba sa Diyos, magkaroon ng normal na buhay ng tao; ito ang tiyak na nilalaman ng panimula ng Kanyang anim-na-libong-taon na plano ng pamamahala. Ang mga alituntunin at mga panuntunan ay sumasakop sa napakalawak na nilalaman, ang mga ito ay mga detalye ng paggabay ng Diyos sa sangkatauhan sa Kapanahunan ng Kautusan, sila ay kailangang tanggapin at sundin ng mga tao na dumating bago pa man ang Kapanahunan ng Kautusan, ang mga ito ay isang talaan ng mga gawain na ginawa ng Diyos sa Kapanahunan ng Kautusan, at ang mga ito ay tunay na katibayan ng pamumuno at patnubay ng Diyos sa lahat ng sangkatauhan.

Ang Sangkatauhan ay Habambuhay na Hindi Maihihiwalay Mula sa mga Katuruan at Panustos ng Diyos

Sa mga alituntuning ito nakikita natin na ang saloobin ng Diyos sa Kanyang gawain, sa Kanyang pamamahala, at sa sangkatauhan ay lubhang seryoso, matapat, mahigpit, at responsable. Ginagawa Niya ang gawain na dapat Niyang gawin sa sangkatauhan ayon sa Kanyang mga hakbang, nang walang kahit na maliit na pagkakaiba-iba, pinapahayag ang mga salita na dapat Niyang sabihin sa sangkatauhan nang walang katiting na pagkakamali o pagkukulang, na nagpapahintulot sa tao na makita na siya ay hindi maaaring ihiwalay mula sa pamumuno ng Diyos, at pinakikita lamang sa kanya kung gaano kahalaga ang lahat ng sinasabi at ginagawa ng Diyos sa sangkatauhan. Kung ano man ang tao sa susunod na kapanahunan, sa pinakasimula—sa Kapanahunan ng Kautusan—ginawa ng Diyos ang mga simpleng bagay na ito. Sa Diyos, ang mga konsepto ng tao tungkol sa Kanya, sa mundo, at sa sangkatauhan sa kapanahunang iyon ay mahirap unawain at malabo, at kahit na sila ay nagkaroon ng ilang may kamalayang mga ideya at intensyon, ang lahat ng ito ay hindi malinaw at hindi tama, at dahil dito, ang sangkatauhan ay hindi maaaring mahiwalay mula sa mga katuruan ng Diyos at mga pantustos para sa kanila. Ang pinakaunang sangkatauhan ay walang nalalaman, at dahil dito, kinailangang simulan ng Diyos ang pagtuturo sa kanila mula sa pinakamababaw at

mga pangunahing prinsipyo para patuloy na mabuhay at mga alituntuning kinakailangan para sa pamumuhay, pinupuspos ang mga bagay na ito sa puso ng tao nang paunti-unti. Sa pamamagitan ng mga patakarang ito, na nagmumula sa mga salita, at sa pamamagitan ng mga alituntuning ito, binigyan Niya ang tao ng unti-unting pagkaunawa sa Kanya, isang unti-unting pagpapahalaga at pag-unawa sa Kanyang pamumuno, at isang pangunahing konsepto ng ugnayan sa pagitan Niya at ng tao. Pagkatapos makamit ang epektong ito, saka lamang nakapagsimula ang Diyos, unti-unti, na gawin ang gawaing gagawin Niya sa bandang huli. Dahil dito, ang mga alituntuning ito at gawaing ginawa ng Diyos sa Kapanahunan ng Kautusan ay ang saligan ng Kanyang gawain sa pagliligtas sa sangkatauhan, at ang unang yugto ng gawain ng plano ng pamamahala ng Diyos. Bagama't bago ang gawain sa Kapanahunan ng Kautusan, ang Diyos ay nagsabi kay Adan, Eba, at sa kanilang mga inapo, na ang mga utos at mga aral na ito ay hindi masyadong sistematiko o tiyak na kailangang sabihin nang paisa-isa sa tao, at hindi nakasulat ang mga ito, at hindi naging mga alituntunin ang mga ito. Ito ay sa dahilang noong panahong iyon, ang plano ng Diyos ay hindi pa ganoon kalawak; kapag nagabayan na ng Diyos ang tao sa hakbang na ito, saka lamang Niya maaaring simulan na sabihin ang mga alituntunin ng Kapanahunan ng Kautusan, at magsimulang ipagawa ang mga ito sa mga tao. Ito ay isang kinakailangang proseso, at ang kalalabasan ay hindi maiiwasan. Ang mga simpleng kaugalian at alituntunin na ito ay nagpapakita sa tao ng mga hakbang ng gawain ng pamamahala ng Diyos at ang karunungan ng Diyos na naibunyag sa Kanyang plano ng pamamahala. Alam ng Diyos kung ano ang nilalaman at mga paraan na gagamitin upang magsimula, kung ano ang mga paraang gagamitin upang magpatuloy, at kung anong paraan ang gagamitin upang tapusin ito, para makamtan Niya ang grupo ng mga tao na magpapatotoo sa Kanya, at para makamtan ang grupo ng mga tao na may pag-iisip na katulad ng sa Kanya. Alam Niya kung ano ang nasa loob ng tao, at alam Niya kung ano ang kulang sa tao, alam Niya kung ano ang dapat Niyang ibigay, at kung paano Siya dapat mamuno sa tao, at alam din Niya kung ano ang dapat at hindi dapat gawin ng tao. Ang tao ay parang isang papet: Kahit na siya ay walang pagkaunawa sa kalooban ng Diyos, hindi niya mapipigilan ang mapamunuan ng gawain ng pamamahala ng Diyos, sa bawat hakbang, hanggang sa araw na ito. Walang kalabuan sa puso ng Diyos tungkol sa kung ano ang dapat Niyang gawin; sa Kanyang puso ay mayroong isang napakalinaw at matingkad na plano, at isinagawa Niya ang gawain na Siya Mismo ang nagnais na gawin ayon sa Kanyang mga hakbang at sa Kanyang plano, sumusulong mula sa mababaw hanggang sa malalim. Kahit na hindi Niya ipinahiwatig ang gawain na dapat Niyang gawin sa susunod, ang Kanyang kasunod na gawain ay patuloy pa ring naisasagawa at sumusulong nang lubos alinsunod sa Kanyang plano, na isang pagpapamalas ng kung ano ang mayroon ang Diyos at kung ano ang Diyos, at ito rin ang awtoridad ng Diyos. Anumang yugto ng Kanyang plano ng pamamahala ang ginagawa Niya, ang Kanyang disposisyon at ang Kanyang diwa ay kumakatawan sa Kanya Mismo. Ito ay lubusang totoo. Anuman ang kapanahunan, o ang yugto ng gawain, kung anong uri

ng mga tao ang mahal ng Diyos, kung anong uri ng mga tao ang kinapopootan Niya, ang Kanyang disposisyon at lahat ng kung ano ang mayroon Siya at kung ano Siya ay hindi kailanman magbabago. Kahit na ang mga alituntunin at prinsipyong ito na itinatag ng Diyos sa Kapanahunan ng Kautusan ay tila napakasimple at mababaw sa mga tao ngayon, at kahit na ang mga ito ay madaling maunawaan at makamit, mayroon pa ring karunungan ng Diyos sa mga ito, at naroon pa rin ang disposisyon ng Diyos at kung ano ang mayroon Siya at kung ano Siya. Sa loob ng mga tila simpleng alituntuning ito ay naipahayag ang responsibilidad ng Diyos at pag-aalaga sa sangkatauhan, at ang katangi-tanging diwa ng Kanyang mga pag-iisip, na nagpapahintulot sa tao na lubos na maunawaan ang katunayan na ang Diyos ang namamahala sa lahat ng bagay at ang lahat ng bagay ay kontrolado ng Kanyang kamay. Gaano man kadalubhasa sa kaalaman ang sangkatauhan, o kung gaano karaming teorya o misteryo ang kanyang nauunawaan, sa Diyos, wala sa mga ito ang may kakayahan na palitan ang Kanyang panunustos at pamumuno sa sangkatauhan; hindi kailanman maihihiwalay ang sangkatauhan mula sa patnubay ng Diyos at personal na gawain ng Diyos. Ganito ang hindi mapaghihiwalay na kaugnayan sa pagitan ng tao at ng Diyos. Kung nagbibigay man sa iyo ang Diyos ng isang utos, o alituntunin, o nagbibigay ng katotohanan upang iyong maunawaan ang Kanyang kalooban, kahit na ano ang ginagawa Niya, ang layon ng Diyos ay ang gabayan ang tao tungo sa isang magandang kinabukasan. Ang mga salitang binigkas ng Diyos at ang gawain na ginagawa Niya ay parehong mga pagpapahayag ng isang aspeto ng Kanyang diwa, at ang mga pagpapahayag ng isang aspeto ng Kanyang disposisyon at ng Kanyang karunungan, ito ay mga kinakailangang hakbang sa Kanyang plano ng pamamahala. Ito ay hindi dapat makaligtaan! Ang kalooban ng Diyos ay nasa anumang ginagawa Niya; ang Diyos ay hindi natatakot sa mga hindi angkop na pananalita, at hindi rin Siya natatakot sa anumang mga kuru-kuro o pag-iisip ng tao tungkol sa Kanya. Ginagawa lamang Niya ang Kanyang gawain, at nagpapatuloy sa Kanyang pamamahala, alinsunod sa Kanyang plano ng pamamahala, na hindi mapipigilan ng sinumang tao, o anumang bagay.

Iyan na lamang muna para sa ngayon. Hanggang sa susunod nating pagkikita!

Nobyembre 9, 2013

Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo III

Nagkaroon na ng malaking epekto sa bawat isa sa inyo ang ating nakaraang ilang pagbabahaginan. Sa ngayon, sa wakas ay talagang nararamdaman na ng mga tao ang tunay na pag-iral ng Diyos at na sa katunayan ay napakalapit ng Diyos sa tao. Bagaman maaaring naniwala na ang mga tao sa Diyos nang maraming taon, hindi nila kailanman tunay na naunawaan ang Kanyang mga kaisipan at mga ideya gaya nang nauunawaan nila ngayon, ni tunay nilang naranasan ang Kanyang praktikal na mga gawa gaya nang nararanasan nila ngayon. Maging kaalaman man o aktwal na pagsasagawa ito, may bago nang natutuhan ang karamihan sa mga tao at nagkamit na sila ng mas malaking pagkaunawa, at napagtanto na nila ang kamalian sa kanilang sariling mga paghahangad sa nakaraan, napagtanto ang kababawan ng kanilang karanasan at na masyadong marami sa kanilang karanasan ang hindi ayon sa kalooban ng Diyos, at napagtanto na ang pinakakulang sa tao ay ang kaalaman sa disposisyon ng Diyos. Isang uri lamang ng kaalaman batay sa pang-unawa ang kaalamang ito sa panig ng tao; kinakailangan ang unti-unting pagpapalalim at pagpapalakas sa pamamagitan ng mga karanasan ng isang tao upang makaabot sa antas ng makatwirang kaalaman. Bago tunay na maunawaan ng tao ang Diyos, maaaring masabi sa pansarili na naniniwala nga sila sa pag-iral ng Diyos sa kanilang mga puso, ngunit wala silang tunay na pagkaunawa sa partikular na mga katanungang gaya ng kung anong uri ng Diyos talaga Siya, kung ano ang kalooban Niya, kung ano ang disposisyon Niya, at kung ano ang tunay Niyang saloobin tungo sa sangkatauhan. Lubos na kinukompromiso nito ang pananampalataya ng mga tao sa Diyos, pinipigilan ang kanilang pananampalataya na makamit ang kadalisayan o pagkaperpekto. Kahit na nakaharap ka nang mukhaan sa salita ng Diyos, o nadarama na nakaharap mo na ang Diyos sa pamamagitan ng mga karanasan mo, hindi pa rin masasabing lubos mo na Siyang nauunawaan. Sapagkat hindi mo nalalaman ang mga kaisipan ng Diyos, o kung ano ang Kanyang iniibig at Kanyang kinamumuhian, kung ano ang ikinagagalit Niya at kung ano ang nagdudulot sa Kanya ng kagalakan, samakatuwid ay wala kang tunay na pagkaunawa sa Kanya. Itinayo ang iyong pananampalataya sa isang saligan ng kalabuan at imahinasyon, batay sa pansarili mong mga pagnanais. Malayo pa rin ito sa isang tunay na paniniwala, at malayo ka pa rin sa pagiging isang tunay na tagasunod. Tinulutan ang mga tao ng mga pagpapaliwanag sa mga halimbawa mula sa mga kuwentong ito sa Bibliya na malaman ang puso ng Diyos, kung ano ang Kanyang iniisip sa bawat hakbang ng Kanyang gawain at kung bakit Niya ginawa ang gawaing ito, kung ano ang Kanyang orihinal na layunin at Kanyang plano nang gawin Niya ito, kung paano Niya nakamit ang Kanyang mga ideya, at kung paano Niya inihanda at binuo ang Kanyang plano. Sa pamamagitan ng mga kuwentong ito, makakamit natin ang isang detalyado at tiyak na pagkaunawa sa bawat partikular na layunin ng Diyos at bawat tunay na kaisipan sa panahon ng

Kanyang anim na libong taon ng gawain ng pamamahala, at sa Kanyang saloobin tungo sa mga tao sa magkakaibang pagkakataon at sa magkakaibang kapanahunan. Kung mauunawaan ng mga tao kung ano ang iniisip ng Diyos noon, kung ano ang Kanyang saloobin noon, at ang disposisyon na Kanyang ibinunyag sa pagharap Niya sa bawat sitwasyon, makatutulong ito sa bawat tao na higit na mapagtanto ang Kanyang tunay na pag-iral, at higit na madama ang Kanyang pagiging praktikal at pagiging tunay. Ang Aking layon sa paglalahad sa mga kuwentong ito ay hindi upang maunawaan ng mga tao ang kasaysayang biblikal, ni upang tulungan silang maging pamilyar sa mga talata ng Bibliya o sa mga tao rito, at lalong hindi upang tulungan ang mga tao na maunawaan ang nasa likod ng kung ano ang ginawa ng Diyos noong Kapanahunan ng Kautusan. Sa halip, ito ay upang matulungan ang mga tao na maunawaan ang kalooban ng Diyos, ang Kanyang disposisyon, at ang bawat maliit na bahagi Niya, at makamit ang isang mas tunay at mas tumpak na pagkaunawa at kaalaman sa Diyos. Sa ganitong paraan, magagawa ng puso ng mga tao, nang paunti-unti, na maging bukas sa Diyos, mapalapit sa Diyos, at magagawa nila na mas maunawaan Siya, ang Kanyang disposisyon, ang Kanyang diwa, at mas makilala ang tunay na Diyos Mismo.

Maaaring magkaroon ng positibong epekto sa mga tao ang kaalaman sa disposisyon ng Diyos at sa kung anong mayroon at ano Siya. Makatutulong ito sa kanila na magkaroon ng higit na pagtitiwala sa Diyos at makatutulong sa kanila na makamit ang tunay na pagsunod at takot sa Kanya. Kung gayon, hindi na sila bulag na susunod o sasamba sa Kanya. Hindi nais ng Diyos ang mga hangal o yaong bulag na sumusunod sa karamihan, kundi sa halip ay ang isang grupo ng mga tao na mayroong malinaw na pagkaunawa at kaalaman sa disposisyon ng Diyos sa kanilang mga puso at maaaring tumayong mga saksi ng Diyos, mga tao na, dahil sa Kanyang pagiging kaibig-ibig, dahil sa kung anong mayroon at kung ano Siya, at dahil sa Kanyang matuwid na disposisyon, ay hindi kailanman iiwan ang Diyos. Bilang isang tagasunod ng Diyos, kung mayroon pa ring kakulangan ng kalinawan sa iyong puso, o mayroon pa ring kalabuan o pagkalito tungkol sa tunay na pag-iral ng Diyos, sa Kanyang disposisyon, sa kung anong mayroon at kung ano Siya, at sa Kanyang plano na iligtas ang sangkatauhan, hindi makakamit ng iyong pananampalataya ang papuri ng Diyos. Hindi nais ng Diyos na sumunod sa Kanya ang ganitong uri ng tao, at hindi Niya nais na humarap sa Kanya ang ganitong uri ng tao. Sapagkat hindi nauunawaan ng ganitong uri ng tao ang Diyos, hindi nila kayang ibigay ang kanilang puso sa Diyos—sarado ang kanilang puso sa Kanya, kaya puspos ng karumihan ang kanilang pananampalataya sa Diyos. Matatawag lamang na bulag ang kanilang pagsunod sa Diyos. Makakamit lamang ng mga tao ang tunay na paniniwala at magiging tunay na mga tagasunod kung mayroon silang tunay na pagkaunawa at kaalaman sa Diyos, na nagdudulot sa kanila ng tunay na pagsunod at takot sa Diyos. Sa ganitong paraan lamang nila maibibigay ang kanilang puso sa Diyos at mabubuksan ito sa Kanya. Ito ang nais ng Diyos, sapagkat ang lahat ng kanilang ginagawa at iniisip ay makatatagal sa pagsubok ng Diyos at makapagpapatotoo sa

Diyos. Lahat ng Aking ipinagbibigay-alam sa inyo tungkol sa disposisyon ng Diyos, o kung anong mayroon at kung ano Siya, o Kanyang kalooban at ang Kanyang mga kaisipan sa lahat ng Kanyang ginagawa, at mula sa alinmang pananaw, mula sa alinmang anggulo Ako nagsasalita tungkol dito, ang lahat ng ito ay upang tulungan kayo na maging mas tiyak tungkol sa tunay na pag-iral ng Diyos, mas tunay na maunawaan at pahalagahan ang Kanyang pag-ibig sa sangkatauhan, at mas tunay na maunawaan at pahalagahan ang pagmamalasakit ng Diyos para sa mga tao, at ang Kanyang dalisay na pagnanais na pamahalaan at iligtas ang sangkatauhan.

Isang Pagbabalik-tanaw sa mga Kaisipan, Ideya, at Kilos ng Diyos Magmula Nang Likhain Niya ang Sanlibutan

Sa araw na ito ay una muna nating ibubuod ang mga kaisipan, mga ideya, at ang bawat galaw ng Diyos mula nang likhain Niya ang sangkatauhan. Titingnan natin kung anong gawain ang Kanyang isinakatuparan, mula sa paglikha ng mundo hanggang sa opisyal na pagsisimula ng Kapanahunan ng Biyaya. Matutuklasan natin pagkatapos kung alin sa mga kaisipan at mga ideya ng Diyos ang hindi batid ng tao, at mabibigyang-linaw natin mula roon ang pagkakasunud-sunod ng plano ng pamamahala ng Diyos, at lubusang mauunawaan ang konteksto kung saan nilikha ng Diyos ang Kanyang plano ng pamamahala, ang pinagmumulan at ang proseso ng pag-unlad nito, at lubusan din nating mauunawaan kung anong mga resulta ang Kanyang nais mula sa Kanyang gawain ng pamamahala—iyon ay, ang pinakasentro at ang layon ng Kanyang gawain ng pamamahala. Upang maunawaan ang mga bagay na ito, kailangan nating bumalik sa isang malayo, payapa at tahimik na panahon kung kailan wala pa ang mga tao ...

Nilikha Mismo ng Diyos ang Unang Taong May-Buhay

Nang bumangon ang Diyos mula sa Kanyang highaan, ito ang una Niyang naisip: ang lumikha ng isang buhay na tao—isang tunay at buhay na tao—isang taong makakapiling at palaging makakasama Niya; maaaring makinig ang taong ito sa Kanya, at maaari Siyang magtiwala at makipag-usap sa kanya. Pagkatapos, sa unang pagkakataon, dumampot ang Diyos ng isang dakot ng lupa at ginamit ito upang likhain ang kauna-unahang buhay na tao ayon sa larawang naisip Niya sa Kanyang isipan, at pagkatapos ay binigyan Niya ng pangalan ang buhay na nilalang na ito—Adan. Sa sandaling nagkaroon ang Diyos ng buhay at humihingang taong ito, ano ang Kanyang nadama? Sa unang pagkakataon, naramdaman Niya ang kagalakan ng pagkakaroon ng isang minamahal, isang makakasama. Naramdaman din Niya sa unang pagkakataon ang pananagutan ng pagiging isang ama at ang pagmamalasakit na kaagapay nito. Nagdulot ng kasiyahan at kagalakan sa Diyos ang buhay at humihingang taong ito; naramdaman Niya ang kaaliwan sa unang pagkakataon. Ito ang kauna-unahang bagay na ginawa ng Diyos na hindi naisakatuparan gamit ang Kanyang mga kaisipan o maging mga salita, bagkus ay nagawa gamit ang Kanyang sariling mga kamay.

Nang ang uri ng nilalang na ito—isang buhay at humihingang tao—ay tumayo sa harap ng Diyos, na gawa sa laman at dugo, na may katawan at anyo, at nagagawang makipag-usap sa Diyos, naranasan Niya ang isang uri ng kagalakan na hindi pa Niya kailanman nadama. Tunay na nadama ng Diyos ang pananagutan Niya, at hindi lamang pumukaw sa Kanyang puso ang buhay na nilalang na ito bagkus ay pinasigla at inantig ang Kanyang puso sa bawat maliit na galaw na ginawa nito. Nang tumayo sa harapan ng Diyos ang buhay na nilalang na ito, ito ang unang pagkakataon na nagkaroon Siya ng kaisipang magkamit ng mas maraming gayong tao. Ito ang magkakasunod na mga pangyayari na nagsimula sa unang kaisipang ito ng Diyos. Para sa Diyos, nagaganap ang lahat ng pangyayaring ito sa unang pagkakataon, subalit sa unang mga pangyayaring ito, anuman ang nadama Niya sa panahong iyon—kagalakan, pananagutan, pagmamalasakit—wala Siyang mapagbahagiang sinuman. Simula sa sandaling iyon, tunay na nadama ng Diyos ang isang kalumbayan at isang kalungkutan hindi pa Niya kailanman nadama. Nadama Niya na hindi matatanggap o mauunawaan ng tao ang Kanyang pagmamahal at pagmamalasakit, o ang Kanyang mga layunin sa tao, kaya nakaramdam pa rin Siya ng kalungkutan at kirot sa Kanyang puso. Bagaman ginawa Niya ang mga bagay na ito para sa tao, hindi ito batid ng tao at hindi naunawaan. Maliban sa kasiyahan, ang kagalakan at kaaliwan na idinulot ng tao sa Kanya ay mabilis ding idinulot na kasama nito ang una Niyang mga damdamin ng kalungkutan at kalumbayan. Ito ang mga kaisipan at mga damdamin ng Diyos sa panahong iyon. Habang ginagawa ng Diyos ang lahat ng bagay na ito, sa Kanyang puso ay napunta Siya mula sa kagalakan patungo sa kalungkutan at mula sa kalungkutan patungo sa kirot, at may halong pagkabalisa ang mga damdaming ito. Ang gusto lamang Niyang gawin ay magmadali na tulutan ang taong ito, ang sangkatauhang ito na malaman kung ano ang nasa Kanyang puso at maunawaan ang Kanyang mga layunin sa mas lalong madaling panahon. Pagkatapos, maaari silang maging mga tagasunod Niya at makibahagi sa mga kaisipan Niya at maging kaayon ng kalooban Niya. Hindi na sila makikinig lamang sa pagsasalita ng Diyos at mananatiling walang imik; hindi na sila magiging walang kabatiran sa kung paano makisama sa Diyos sa Kanyang gawain; higit sa lahat, hindi na sila magiging mga taong nagwawalang-bahala sa mga hinihingi ng Diyos. Ang unang mga bagay na ito na ginawa ng Diyos ay lubhang makabuluhan at may malaking kahalagahan para sa Kanyang plano ng pamamahala at para sa mga tao ngayon.

Pagkatapos likhain ang lahat ng bagay at ang sangkatauhan, hindi nagpahinga ang Diyos. Hindi Siya mapalagay at sabik na isakatuparan ang Kanyang pamamahala, at na makamit ang mga taong pinakamamahal Niya sa sangkatauhan.

Gumawa ang Diyos ng Serye ng Walang-Katulad na mga Gawain Bago at Pagkatapos ng Kapanahunan ng Kautusan

Sunod, di-nagtagal pagkatapos likhain ng Diyos ang mga tao, nakikita natin mula sa

Bibliya na nagkaroon ng malaking baha sa buong daigdig. Nabanggit si Noe sa tala ng baha, at maaaring sabihin na si Noe ang unang tao na tumanggap sa tawag ng Diyos na gumawang kasama Niya upang maisakatuparan ang isang gawain ng Diyos. Mangyari pa, ito rin ang unang pagkakataon na tumawag ang Diyos ng isang tao sa lupa na gumawa ng isang bagay alinsunod sa Kanyang utos. Sa sandaling natapos ni Noe ang paggawa ng arka, nagpasapit ng baha ang Diyos sa lupa sa unang pagkakataon. Nang gunawin ng Diyos ang mundo sa pamamagitan ng baha, iyon ang unang pagkakataon buhat nang likhain ang mga tao na nadama Niyang puspos Siya ng galit sa kanila; ito ang nagtulak sa Diyos upang gawin ang masakit na desisyon na wasakin ang lahing ito ng tao sa pamamagitan ng isang baha. Matapos wasakin ng baha ang mundo, ginawa ng Diyos ang Kanyang unang tipan sa mga tao, isang tipan upang ipakita na hindi na Niya kailanman muling gugunawin ang mundo sa pamamagitan ng mga pagbaha. Ang bahaghari ang sagisag ng tipang ito. Ito ang unang tipan ng Diyos sa sangkatauhan, kaya ang bahaghari ang unang sagisag ng isang tipan na ibinigay ng Diyos; isang tunay, pisikal na bagay na umiiral ang bahaghari. Ang mismong pag-iral ng bahaghari ang siyang madalas na nagpapadama ng kalungkutan sa Diyos para sa nakaraang lahi ng tao na Kanyang nawala, at nagsisilbing isang tuwinang paalala sa Kanya kung ano ang nangyari sa kanila.... Hindi babagalan ng Diyos ang Kanyang hakbang—hindi Siya mapalagay at sabik na tahakin ang susunod na hakbang sa Kanyang pamamahala. Nang maglaon, pinili ng Diyos si Abraham bilang Kanyang unang pinili para sa Kanyang gawain sa buong Israel. Ito rin ang unang pagkakataon na pumili ang Diyos ng gayong kandidato. Ipinasya ng Diyos na simulan ang pagpapatupad sa Kanyang gawain ng pagliligtas sa sangkatauhan sa pamamagitan ng taong ito, at upang ipagpatuloy ang Kanyang gawain sa mga inapo ng taong ito. Nakikita natin sa Bibliya na ito ang ginawa ng Diyos kay Abraham. Pagkatapos ay ginawa ng Diyos ang Israel na unang bayang hinirang, at sinimulan ang Kanyang gawain sa Kapanahunan ng Kautusan sa pamamagitan ng Kanyang hinirang na mga tao, ang mga Israelita. At minsan pa sa unang pagkakataon, ibinigay ng Diyos sa mga Israelita ang hayag na mga panuntunan at mga kautusang dapat sundin ng sangkatauhan, at ipinaliwanag Niya ang mga ito nang detalyado. Ito ang unang pagkakataon na binigyan ng Diyos ang mga tao ng gayong katiyak, iniayon sa pamantayang mga patakaran kung paano sila dapat magbigay ng mga handog, kung paano sila dapat mabuhay, kung ano ang dapat nilang gawin at hindi dapat gawin, aling mga pagdiriwang at mga araw ang dapat nilang ipagdiwang, at mga prinsipyong dapat sundin sa lahat ng kanilang ginawa. Ito ang unang pagkakataon na binigyan ng Diyos ang sangkatauhan ng gayong kadetalyado, iniayon sa pamantayang mga regulasyon at mga prinsipyo kung paano sila mamumuhay.

Sa bawat sandaling sinasabi Ko ang “sa unang pagkakataon,” tumutukoy ito sa uri ng gawain na hindi pa kailanman naisagawa ng Diyos noon. Tumutukoy ito sa gawain na hindi pa umiral noong una, at bagaman nilikha ng Diyos ang sangkatauhan at lahat ng uri ng mga nilalang at buhay na mga bagay, isang uri ito ng gawain na hindi pa Niya

kailanman nagawa noon. Kinasasangkutan ang lahat ng gawaing ito ng pamamahala ng Diyos sa sangkatauhan; may kinalaman ang lahat ng ito sa mga tao at sa Kanyang pagliligtas at pamamahala sa kanila. Pagkatapos kay Abraham, muling gumawa ang Diyos ng isa pang una—pinili Niya si Job upang maging siyang namuhay sa ilalim ng kautusan at siyang makapaninindigan sa mga panunukso ni Satanas habang nagpapapatuloy na matakot sa Diyos, lumayo sa kasamaan, at tumayong saksi para sa Diyos. Ito rin ang unang pagkakataon na tinulutan ng Diyos si Satanas na tuksuhin ang isang tao, at unang pagkakataon na nakipagpustahan Siya kay Satanas. Sa katapusan, sa unang pagkakataon ay nakamit Niya ang isang tao na may kakayahang tumayong saksi para sa Kanya at magpatotoo sa Kanya habang kinakaharap si Satanas, at isang tao na ganap na makapanghihiya kay Satanas. Magbuhat nang likhain ng Diyos ang sangkatauhan, ito ang unang tao na Kanyang nakamit na nagawang magpatotoo para sa Kanya. Sa sandaling nakamit na Niya ang taong ito, lalo pang nasabik ang Diyos na ipagpatuloy ang Kanyang pamamahala at isakatuparan ang susunod na yugto sa Kanyang gawain, inihahanda ang lugar at ang mga tao na Kanyang pipiliin para sa susunod na hakbang ng Kanyang gawain.

Pagkatapos ng pagbabahagi tungkol sa lahat ng ito, mayroon na ba kayong tunay na pagkaunawa sa kalooban ng Diyos? Itinuturing ng Diyos ang pagkakataong ito ng Kanyang pamamahala sa sangkatauhan, ng Kanyang pagliligtas sa sangkatauhan, bilang higit na mahalaga kaysa anupaman. Ginagawa Niya ang mga bagay na ito hindi lang sa Kanyang isip, hindi lang sa Kanyang mga salita, at tiyak na hindi isinasagawa nang basta-basta—ginagawa Niya ang lahat ng bagay na ito nang may plano, nang may mithiin, nang may mga pamantayan, at nang may kalooban Niya. Maliwanag na nagtataglay ng malaking kahalagahan kapwa sa Diyos at sa tao ang gawaing ito na iligtas ang sangkatauhan. Kahit na gaano kahirap ang gawain, gaano man kalaki ang mga hadlang, gaano man kahina ang mga tao, o gaano man kalalim ang pagkamapanghimagsik ng sangkatauhan, wala sa mga ito ang mahirap para sa Diyos. Pinananatiling abala ng Diyos ang sarili Niya, ginugugol ang Kanyang napakaingat na pagsisikap at pinamamahalaan ang gawain na gusto Niya Mismong isakatuparan. Isinasaayos din Niya ang lahat at ginagamit ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng tao na kung kanino Siya gagawa at sa lahat ng gawaing nais Niyang matapos—wala sa mga ito ang kainlanman ay naisagawa na noon. Ito ang unang pagkakataon na ginamit ng Diyos ang mga pamamaraang ito at nagbayad ng gayon kalaking halaga para sa malaking proyektong ito ng pamamahala at pagliligtas sa sangkatauhan. Habang isinasakatuparan ng Diyos ang gawaing ito, unti-unti Niyang ipinahahayag at inilalabas sa sangkatauhan, nang walang pasubali, ang Kanyang napakaingat na pagsisikap, kung ano ang mayroon at kung ano Siya, ang Kanyang karunungan at pagiging makapangyarihan sa lahat, at ang bawat aspeto ng Kanyang disposisyon. Inilalabas at ipinahahayag Niya ang mga bagay na ito sa paraang hindi pa Niya kailanman ginawa noon. Kaya, sa buong sansinukob, maliban sa mga taong

nilalayan ng Diyos na pamahalaan at iligtas, kailanman ay hindi pa nagkaroon ng anumang mga nilalang na napakalapit sa Diyos, na may gayong katalik na kaugnayan sa Kanya. Sa Kanyang puso, ang sangkatauhan na nais Niyang pamahalaan at iligtas, ang pinakamahalaga; pinahahalagahan Niya ang sangkatauhang ito nang higit sa lahat. Kahit na nagbayad na Siya ng napakalaking halaga para sa kanila, at kahit na patuloy Siyang sinasaktan at sinusuwat ng mga ito, hindi Siya kailanman sumusuko sa kanila at nagpapatuloy nang walang kapaguran sa Kanyang gawain, nang walang mga reklamo o mga pagsisisi. Ito ay dahil nalalaman Niya na sa malao't madali, magigising ang mga tao sa Kanyang pagtawag at maaantig ng Kanyang mga salita, makikilala na Siya ang Panginoon ng paglikha, at magbabalik sa Kanyang piling ...

Matapos marinig ang lahat ng ito ngayong araw, maaaring pakiramdam ninyo ay napakanormal ng lahat ng ginagawa ng Diyos. Tila ba palagi nang naramdaman ng mga tao ang ilan sa mga layunin ng Diyos para sa kanila mula sa Kanyang mga salita at mula sa Kanyang gawain, ngunit palaging mayroong isang partikular na agwat sa pagitan ng kanilang mga damdamin o ng kanilang kaalaman at sa kung ano ang iniisip ng Diyos. Kaya iniisip Ko na kinakailangang ipagbigay-alam sa lahat ng tao ang tungkol sa kung bakit nilikha ng Diyos ang sangkatauhan, at ang pangyayari sa likod ng Kanyang pagnanais na makamit ang sangkatauhang Kanyang inasam. Mahalaga na maibahagi ito sa lahat, upang ang lahat ay malinaw at maunawaan ito sa kanilang puso. Sapagkat ang bawat kaisipan at ideya ng Diyos, at ang bawat yugto at bawat kapanahunan ng Kanyang gawain ay natatali, at may malapit na kaugnayan, sa Kanyang kabuuang gawain ng pamamahala, kaya kapag nauunawaan mo ang mga kaisipan ng Diyos, ang mga ideya, at ang kalooban Niya sa bawat hakbang ng Kanyang gawain, katulad din ito ng pagkaunawa sa kung paano nagsimula ang gawain ng Kanyang plano ng pamamahala. Sa saligang ito lalalim ang iyong pagkaunawa sa Diyos. Bagaman ang lahat ng ginawa ng Diyos nang una Niyang nilikha ang mundo, na Aking nabanggit noon, ay tila "impormasyon" na lang sa ngayon, at walang kinalaman sa paghahangad ng katotohanan, subalit sa paglipas ng panahon ng iyong karanasan ay darating ang araw na hindi mo iniisip na isang bagay ito na napakasimple gaya ng ilang pirasong impormasyon, ni isa lang itong uri ng hiwaga. Habang sumusulong ang iyong buhay, kapag may kaunting puwang na ang Diyos sa iyong puso, o kapag mas lubos at mas malalim mo nang nauunawaan ang Kanyang kalooban, tunay mong mauunawaan ang kahalagahan at ang pangangailangan ng kung ano ang sinasabi Ko sa araw na ito. Gaano man ninyo tinatanggap ito ngayon, kinakailangan pa rin ninyong maunawaan at malaman ang mga bagay na ito. Kapag gumagawa ang Diyos ng isang bagay, kapag isinasakatuparan Niya ang Kanyang gawain, maging ito man ay sa pamamagitan ng Kanyang mga ideya o ng Kanyang sariling mga kamay, maging ito man ay ginawa Niya sa una o sa huling pagkakataon, sa huli, may plano ang Diyos, at nasa lahat ng ginagawa Niya ang Kanyang mga layon at ang Kanyang mga kaisipan. Kumakatawan sa disposisyon ng Diyos ang mga layon at mga kaisipang ito, at ipinahahayag ng

mga ito kung ano ang mayroon at kung ano Siya. Ang dalawang bagay na ito—ang disposisyon ng Diyos at kung ano ang mayroon at kung ano Siya—ay dapat maunawaan ng bawat isang tao. Sa sandaling nauunawaan na ng isang tao ang Kanyang disposisyon at kung ano ang mayroon at kung ano Siya, mauunawaan nila nang unti-unti kung bakit ginagawa ng Diyos ang Kanyang ginagawa at kung bakit sinasabi Niya ang Kanyang sinasabi. Mula roon, magkakaroon na sila ng higit na pananampalataya upang sumunod sa Diyos, upang hangarin ang katotohanan, at ang pagbabago sa kanilang disposisyon. Ibig sabihin, ang pagkaunawa ng tao sa Diyos at ang kanyang pananampalataya sa Diyos ay hindi mapaghihiwalay.

Kung ang nalalaman at ang nauunawaan ng mga tao ay ang disposisyon ng Diyos at kung ano ang mayroon at kung ano Siya, ang kanilang matatamo ay buhay na nagmumula sa Diyos. Sa sandaling maisakatuparan na ang buhay na ito sa iyo, lalo pang lalaki nang lalaki ang iyong takot sa Diyos. Isang bunga ito na dumarating nang napakanatural. Kung ayaw mong maunawaan o malaman ang tungkol sa disposisyon ng Diyos o sa Kanyang diwa, kung ayaw mo man lang pagnilayan o pagtuunan ng pansin ang mga bagay na ito, masasabi Ko sa iyo nang may katiyakan na ang paraan ng iyong kasalukuyang paghahangad sa iyong pananampalataya sa Diyos ay hindi ka kailanman matutulutang matugunan ang Kanyang kalooban o makamit ang Kanyang papuri. Higit pa roon, hindi mo kailanman tunay na matatamo ang kaligtasan—ito ang panghuling mga kahihinatnan. Kapag hindi nauunawaan ng mga tao ang Diyos at hindi nalalaman ang Kanyang disposisyon, hindi kailanman magagawang tunay na magbukas sa Kanya ang kanilang mga puso. Sa sandaling maunawaan na nila ang Diyos, magsisimula silang pahalagahan at lasapin kung ano ang nasa Kanyang puso nang may interes at pananampalataya. Kapag pinahahalagahan at nilalasap mo kung ano ang nasa puso ng Diyos, ang iyong puso ay dahan-dahan, unti-unting, nagbubukas sa Kanya. Kapag nagbubukas ang iyong puso sa Kanya, madarama mo kung gaano kahiya-hiya at kasuklam-suklam ang iyong mga pakikitungo sa Diyos, ang iyong mga hinihingi sa Diyos, at ang iyong sariling labis-labis na mga pagnanais. Kapag tunay na nagbubukas sa Diyos ang iyong puso, makikita mo na ang Kanyang puso ay isang walang hanggang mundo, at papasok ka sa isang dako na hindi mo pa naranasan kailanman. Sa dakong ito ay walang pandaraya, walang panlilinlang, walang kadiliman, at walang kasamaan. Mayroon lang sinseridad at katapatan; tanging liwanag at karangalan; tanging pagiging matuwid at kagandahang-loob. Puno ito ng pagmamahal at pagmamalasakit, puno ng habag at pagpapaubaya, at sa pamamagitan nito ay nararamdaman mo ang kaligayahan at kagalakan ng pagiging buhay. Ang mga bagay na ito ang ibubunyag sa iyo ng Diyos kapag binuksan mo ang iyong puso sa Kanya. Ang walang hanggang mundong ito ay puno ng karunungan at walang hanggang kapangyarihan ng Diyos; puno rin ito ng Kanyang pag-ibig at ng Kanyang awtoridad. Makikita mo rito ang bawat aspeto ng kung ano ang mayroon at kung ano ang Diyos, kung ano ang nagbibigay sa Kanya ng kagalakan, kung bakit Siya nag-aalala at kung bakit Siya nalulungkot, kung bakit Siya

nagagalit.... Ito ang makikita ng bawat isang tao na nagbubukas ng kanilang puso at tinutulutang makapasok ang Diyos. Makapapasok lang sa iyong puso ang Diyos kung bubuksan mo ito sa Kanya. Makikita mo lang kung ano ang mayroon at kung ano ang Diyos, at makikita mo lang ang Kanyang mga layunin para sa iyo, kung nakapasok na Siya sa iyong puso. Sa sandaling iyon, matutuklasan mo na napakahalaga ng lahat ng tungkol sa Diyos, na talagang karapat-dapat pakaingatan ang kung ano ang mayroon at kung ano Siya. Kumpara roon, ang mga taong nakapaligid sa iyo, ang mga bagay at mga pangyayari sa iyong buhay, at maging ang iyong mga mahal sa buhay, ang iyong kapareha, at ang mga bagay na iyong minamahal, ay hindi man lang karapat-dapat na banggitin. Napakaliit ng mga ito, at napakababa; mararamdaman mo na walang materyal na bagay ang muling makahahatak sa iyo, o na may anumang materyal na bagay ang muling makaaakit sa iyo na magbayad ng anumang halaga para rito. Sa pagpapakumbaba ng Diyos ay makikita mo ang Kanyang kadakilaan at ang Kanyang pangigingibabaw. Higit pa rito, makikita mo ang walang hanggang karunungan ng Diyos at ang Kanyang pagpapaubaya sa ilang gawa Niya na pinaniwalaan mo noon na masyadong maliit, at makikita mo ang Kanyang pagtitiyaga, ang Kanyang pagtitimpi, at ang Kanyang pag-unawa sa iyo. Magdudulot ito sa iyo ng pagsamba para sa Kanya. Sa araw na iyon, mararamdaman mo na nabubuhay ang sangkatauhan sa isang maruming mundo, na ang mga taong nasa tabi mo at ang mga bagay na nangyayari sa iyong buhay, at maging yaong iyong iniibig, ang kanilang pag-ibig para sa iyo, at ang kanilang tinatawag na pag-iingat o ang kanilang malasakit para sa iyo ay hindi man lang karapat-dapat na banggitin—ang Diyos lang ang iyong minamahal, at ang Diyos lang ang pinakaiingatan mo sa lahat. Kapag dumating ang araw na iyon, naniniwala Ako na magkakaroon ng ilang tao na nagsasabing: Napakadakila ng pag-ibig ng Diyos, at napakabanal ng Kanyang diwa—sa Diyos ay walang panlilinlang, walang kasamaan, walang inggit, at walang alitan, kundi tanging pagiging matuwid at pagiging tunay, at ang lahat ng kung ano ang mayroon at kung ano ang Diyos ay dapat kasabikan ng mga tao. Dapat itong pagsikapan at hangarin ng mga tao. Sa anong batayan nakatayo ang kakayahan ng mga tao na makamtam ito? Nakatayo ito batay sa pagkaunawa nila sa disposisyon ng Diyos, at sa kanilang pagkaunawa sa diwa ng Diyos. Kaya ang pag-unawa sa disposisyon ng Diyos at kung ano ang mayroon at kung ano Siya, ay isang panghabang-buhay na aral sa bawat tao; isang panghabang-buhay na mithiin na hinahangad ng bawat tao na nagsisikap na mabago ang kanilang disposisyon, at nagsisikap na makilala ang Diyos.

Ang Unang Beses na Nagkatawang-tao ang Diyos Para Isagawa ang Gawain

Pinag-uusapan pa lang natin ang tungkol sa lahat ng gawain na ginawa ng Diyos, ang sunod-sunod na mga gawaing isinakatuparan Niya sa unang pagkakataon. May kaugnayan ang bawat isa sa mga bagay na ito sa plano ng pamamahala ng Diyos, at

sa kalooban ng Diyos. May kaugnayan din ang mga ito sa disposisyon ng Diyos Mismo at sa Kanyang diwa. Kung nais nating mas maunawaan kung ano ang mayroon at kung ano ang Diyos, hindi tayo maaaring tumigil sa Lumang Tipan o sa Kapanahunan ng Kautusan—kailangan nating magpatuloy pasulong, sumusunod sa mga hakbang na tinahak ng Diyos sa Kanyang gawain. Kaya, yamang tinapos ng Diyos ang Kapanahunan ng Kautusan at sinimulan ang Kapanahunan ng Biyaya, hayaan ang ating sariling mga yapak na sumunod, tungo sa Kapanahunan ng Biyaya—isang kapanahunan na puno ng biyaya at pagtubos. Sa kapanahunang ito, gumawang muli ang Diyos ng isang napakahalagang bagay na hindi pa naisagawa noon. Ang gawain sa bagong kapanahunang ito kapwa para sa Diyos at sa sangkatauhan ay isang bagong pasimula—isang pasimula na binubuo ng isa na namang bagong gawain na ginawa ng Diyos na hindi pa nagawa noon. Walang katulad ang bagong gawaing ito, isang bagay na lampas sa mga kapangyarihan ng imahinasyon ng mga tao at lahat ng nilalang. Isang bagay ito na kilalang-kilala na ngayon ng lahat ng tao—sa unang pagkakataon, naging isang tao ang Diyos, at sa unang pagkakataon ay nagsimula Siya ng bagong gawain sa anyo ng isang tao, nang may pagkakakilanlan ng isang tao. Ipinahihiwatig ng bagong gawaing ito na natapos na ng Diyos ang Kanyang gawain sa Kapanahunan ng Kautusan, at na hindi na Siya gagawa o magsasalita ng anuman sa ilalim ng kautusan. Ni magsasalita o gagawa Siya ng anumang bagay sa anyo ng kautusan o alinsunod sa mga prinsipyo o mga patakaran ng kautusan. Ibig sabihin, ipinatigil na magpakailanman ang lahat ng Kanyang gawain batay sa kautusan at hindi na ipagpapatuloy, dahil nais ng Diyos na magsimula ng bagong gawain at gumawa ng bagong mga bagay. Muling nagkaroon ng bagong pasimula ang Kanyang plano, at kaya kinailangang pangunahan ng Diyos ang sangkatauhan tungo sa bagong kapanahunan.

Depende sa diwa ng bawat isang tao kung ito ay nakagagalak o nakatatakot na balita sa mga tao. Maaaring masabi na hindi ito nakagagalak na balita sa ilang tao, bagkus ay nakatatakot, sapagkat nang simulan ng Diyos ang Kanyang bagong gawain, ang mga tao na sumunod lang sa mga kautusan at mga patakaran, na sumunod lang sa mga doktrina ngunit hindi natakot sa Diyos, ay malamang na gamitin ang lumang gawain ng Diyos upang kondenahin ang Kanyang bagong gawain. Para sa mga taong ito, nakatatakot na balita ito. Ngunit sa bawa't tao na inosente at bukas, na taimtim sa Diyos at handang tanggapin ang Kanyang pagtubos, lubhang nakagagalak na balita ang unang pagkakatawang-tao ng Diyos. Sapagkat simula nang umiral ang mga tao, ito ang unang pagkakataon na nagpakita ang Diyos at namuhay sa piling ng sangkatauhan sa isang anyo na hindi ang Espiritu; sa pagkakataong ito, isinilang Siya ng isang tao at namuhay sa piling ng mga tao bilang Anak ng tao, at gumawa na kasama sila. Ito ang “unang” sumira sa mga kuru-kuro ng mga tao; lampas ito sa lahat ng imahinasyon. Higit pa rito, nagkamit ng totoong pakinabang ang lahat ng tagasunod ng Diyos. Hindi lang tinapos ng Diyos ang lumang kapanahunan, bagkus ay tinapos din Niya ang lumang mga pamamaraan ng paggawa at istilo ng paggawa Niya. Hindi na Niya hinihingi sa

Kanyang mga sugo na ipaabot ang Kanyang kalooban, hindi na Siya nakatago sa mga ulap, at hindi na nagpakita o nakipag-usap sa mga tao nang nag-uutos sa pamamagitan ng kulog. Hindi gaya ng anumang bagay noong una, sa pamamagitan ng isang pamamaraang hindi lubos-maisip ng mga tao na mahirap para sa kanila na maunawaan o matanggap—ang maging tao—naging Anak ng tao Siya upang simulan ang gawain ng kapanahunang iyon. Lubos na hindi napaghandaan ng sangkatauhan ang gawang ito ng Diyos; napahiya sila dahil dito, sapagkat muling nagsimula ng bagong gawain ang Diyos na hindi pa Niya kailanman ginawa noon. Sa araw na ito, titingnan natin kung ano ang bagong gawain na isinakatuparan ng Diyos sa bagong kapanahunan, at isasaalang-alang natin kung ano ang dapat na matutuhan natin mula sa bagong gawaing ito tungkol sa disposisyon ng Diyos at sa kung ano ang mayroon at kung ano Siya.

Ang mga sumusunod ay mga salitang naitala sa Bagong Tipan ng Bibliya.

1. Pinitas ni Jesus ang mga Uhay Para Kainin sa Araw ng Sabbath

Mateo 12:1 Nang panahong iyon ay naglalakad si Jesus nang araw ng sabbath sa maisan; at nagutom ang Kanyang mga alagad at nagsimulang magsibunot ng mga uhay at magsikain.

2. Ang Anak ng Tao ay Panginoon ng Sabbath

Mateo 12:6–8 Datapuwat sinasabi Ko sa inyo, “Na dito ay may isang lalong dakila kaysa sa templo. Datapuwat kung nalalaman ninyo kung ano ang kahulugan nito, habag ang ibig Ko, at hindi hain, ay hindi sana ninyo kinondena ang mga walang kasalanan. Sapagkat ang Anak ng tao ay Panginoon maging ng araw ng sabbath.”

Tingnan muna natin ang talatang ito: “Nang panahong iyon ay naglalakad si Jesus nang araw ng sabbath sa maisan; at nagutom ang Kanyang mga alagad at nagsimulang magsibunot ng mga uhay at magsikain.”

Bakit Ko napili ang talatang ito? Anong kaugnayan nito sa disposisyon ng Diyos? Sa tekstong ito, ang unang bagay na nalalaman natin ay araw iyon ng Sabbath, subalit lumabas ang Panginoong Jesus at pinangunahan ang Kanyang mga disipulo sa mga taniman ng mais. Ang lalo pang “mapanlinlang” ay na “nagsimulang magsibunot ng mga uhay at magsikain” pa sila. Sa Kapanahunan ng Kautusan, itinakda ng mga kautusan ng Diyos na si Jehova na ang mga tao ay hindi maaaring basta-bastang lumabas o makisali sa mga aktibidad sa araw ng Sabbath—maraming bagay ang hindi maaaring gawin sa araw ng Sabbath. Ang pagkilos na ito sa panig ng Panginoong Jesus ay nakalilito para doon sa mga nabuhay sa ilalim ng kautusan sa mahabang panahon, at pumukaw pa ito ng pamumuna. Tungkol sa kanilang kalituhan at kung paano sila nagsalita tungkol sa ginawa ni Jesus, isasantabi muna natin iyon sa ngayon at tatalakayin muna kung bakit pinili ng Panginoong Jesus na gawin ito sa araw ng Sabbath, sa lahat ng araw, at kung ano ang ninais Niyang ipagbigay-alam sa mga tao na nabubuhay noon sa ilalim ng kautusan sa pamamagitan ng pagkilos na ito. Ito ang kaugnayan sa pagitan ng talatang ito at ng disposisyon ng Diyos na nais Kong pag-usapan.

Nang dumating ang Panginoong Jesus, ginamit Niya ang Kanyang praktikal na mga pagkilos upang ipabatid sa mga tao na lumisan na ang Diyos sa Kapanahunan ng Kautusan at nagsimula na ng bagong gawain, at na hindi hiningi ng bagong gawaing ito ang pangingilin ng Sabbath. Ang paglabas ng Diyos mula sa mga hangganan ng araw ng Sabbath ay patikim pa lang ng Kanyang bagong gawain; darating pa ang tunay at dakilang gawain. Nang pasimulan ng Panginoong Jesus ang Kanyang gawain, iniwanan na Niya ang mga “tanikala” ng Kapanahunan ng Kautusan, at nilansag ang mga tuntunin at mga prinsipyo ng kapanahunang iyon. Para sa Kanya, walang bakas ng anumang may kaugnayan sa kautusan; itinakwil na Niya ito nang tuluyan at hindi na ito sinusunod, at hindi na Niya hinihingi sa sangkatauhan na sundin ito. Kaya nakikita mo rito na nagpunta ang Panginoong Jesus sa mga taniman ng mais sa araw ng Sabbath, at na hindi nagpahinga ang Panginoon; gumagawa Siya sa labas, at hindi nagpapahinga. Isang pagkabigla ang Kanyang pagkilos na ito sa mga kuru-kuro ng mga tao at ipinagbigay-alam nito sa kanila na hindi na Siya nabubuhay sa ilalim ng kautusan, at na iniwan na Niya ang mga hangganan ng Sabbath at nagpakita sa harap ng sangkatauhan at sa kanilang kalagitnaan sa isang bagong imahe, na may isang bagong paraan ng paggawa. Ang Kanyang pagkilos na ito ang nagpabatid sa mga tao na dala Niya ang isang bagong gawain, gawaing nagsimula sa paglabas mula sa pagiging nasa ilalim ng kautusan, at paglisan sa Sabbath. Nang isakatuparan ng Diyos ang Kanyang bagong gawain, hindi na Siya nananangan sa nakaraan, at hindi na Niya iniintindi ang mga tuntunin ng Kapanahunan ng Kautusan. Ni naapektuhan Siya ng Kanyang gawain sa nakaraang kapanahunan, bagkus ay gumawa Siya sa araw ng Sabbath gaya ng ginawa Niya sa bawat iba pang araw, at nang nagutom ang Kanyang mga disipulo sa araw ng Sabbath, maaari silang pumitas ng mga bunga ng mais para kainin. Napakanormal ng lahat ng ito sa mga mata ng Diyos. Para sa Diyos, maaaring magkaroon ng bagong pasimula para sa karamihan ng bagong gawain na nais Niyang gawin at ng bagong mga salita na nais Niyang sabihin. Kapag nagsisimula Siya ng isang bagong bagay, hindi Niya binabanggit ang Kanyang nakaraang gawain ni ipinagpapatuloy na isakatuparan ito. Sapagkat may mga prinsipyo ang Diyos sa Kanyang gawain, nang nais Niyang magsimula ng bagong gawain, ito ay nang nais Niyang dalhin ang sangkatauhan sa isang panibagong yugto ng Kanyang gawain, at nang ang Kanyang gawain ay papasok sa isang mas mataas na yugto. Kung patuloy na kikilos ang mga tao alinsunod sa mga lumang kasabihan o mga tuntunin o patuloy na panghawakan nang mahigpit ang mga ito, hindi Niya maaalala o sasang-ayunan iyon. Ito ay dahil nagdala na Siya ng bagong gawain, at pumasok na sa bagong yugto ng Kanyang gawain. Kapag nagpapasimula Siya ng bagong gawain, nagpapakita Siya sa sangkatauhan sa isang ganap na bagong imahe, mula sa isang ganap na bagong anggulo, at sa isang ganap na bagong pamamaraan upang makita ng mga tao ang iba’t ibang aspeto ng Kanyang disposisyon at kung ano ang mayroon at kung ano Siya. Ito ang isa sa Kanyang mga mithiin sa Kanyang bagong gawain. Hindi nananangan ang Diyos sa lumang mga bagay o

tumatahak sa landas na madalas daanan; kapag gumagawa at nagsasalita Siya, hindi Siya mapagbawal gaya ng iniisip ng mga tao. Sa Diyos, may kalayaan at kasarinlan ang lahat, at walang pagbabawal, walang paghihigpit—kalayaan at kasarinlan ang dinadala Niya sa sangkatauhan. Siya ay isang buhay na Diyos, isang Diyos na tunay, totoong umiiral. Hindi Siya isang papet o isang nililok na luwad, at lubos na naiiba Siya sa mga idolo na dinadambana at sinasamba ng mga tao. Siya ay buhay at masigla, at ang dala ng Kanyang mga salita at gawain sa mga tao ay pawang buhay at liwanag, pawang kalayaan at kasarinlan, sapagkat hawak Niya ang katotohanan, ang buhay, at ang daan—hindi Siya nahahadlangan ng anuman sa alinman sa Kanyang gawain. Kahit anong sabihin ng mga tao at paano man nila tingnan o suriin ang Kanyang bagong gawain, isasakatuparan Niya ang Kanyang gawain nang walang pagkaligalig. Hindi Siya mag-aalala tungkol sa mga kuru-kuro o pag-aakusa ng sinuman na may kinalaman sa Kanyang gawain at mga salita, o maging sa kanilang matinding pagtutol at paglaban sa Kanyang bagong gawain. Walang sinuman sa lahat ng nilalang ang maaaring gumamit ng pantaong pangangatwiran, o pantaong imahinasyon, kaalaman, o moralidad upang sukatin o bigyang-kahulugan ang ginagawa ng Diyos, upang siraan, gambalain o isabotahe ang Kanyang gawain. Walang pagbabawal sa Kanyang gawain at sa kung ano ang Kanyang ginagawa; hindi ito mahahadlangan ng sinumang tao, ano mang pangyayari, o bagay, ni hindi ito magagambala ng anumang mga puwersa ng kaaway. Pagdating sa Kanyang bagong gawain, Siya ay palaging-nagwawaging Hari, at niyuyurakan sa ilalim ng Kanyang tuntungan ang anumang mga puwersa ng kaaway at ang lahat ng erehiya at mga kamalian ng sangkatauhan. Alinmang bagong yugto ng Kanyang gawain ang Kanyang isinasakatuparan, tiyak na lilinangin at palalawakin ito sa kalagitnaan ng sangkatauhan, at tiyak na isasakatuparan nang walang hadlang sa buong sansinukob hanggang sa matapos na ang Kanyang dakilang gawain. Ito ang pagka-makapangyarihan sa lahat at karunungan ng Diyos, ang Kanyang awtoridad at kapangyarihan. Kaya, ang Panginoong Jesus ay malayang makalalabas at makagagawa sa araw ng Sabbath sapagkat sa Kanyang puso ay walang mga patakaran, walang kaalaman o doktrina na nagmula sa sangkatauhan. Ang mayroon Siya ay ang bagong gawain ng Diyos at ang daan ng Diyos. Ang Kanyang gawain ang daan upang mapalaya ang sangkatauhan, upang mapakawalan ang mga tao, upang tulutan silang umiral sa liwanag at upang mabuhay. Samantala, silang mga sumasamba sa mga idolo o huwad na mga diyos ay nabubuhay araw-araw nang nakagapos kay Satanas, pinipigilan ng lahat ng uri ng mga patakaran at mga pagbabawal—ipinagbabawal sa araw na ito ang isang bagay, bukas ay iba naman—walang kalayaan sa kanilang mga buhay. Para silang mga bilanggo na nakatanikala, namumuhay nang walang masasabing kagalakan. Ano ang kinakatawan ng “pagbabawal”? Kinakatawan nito ang mga paghihigpit, mga pagkaalipin, at kasamaan. Sa sandaling sumamba sa isang idolo ang isang tao, sumasamba sila sa isang huwad na diyos, isang masamang espiritu. Kasunod na ang pagbabawal kapag ginagawa ang gayong mga aktibidad. Hindi maaaring kumain ng ganito o ng ganoon, hindi maaaring

lumabas sa araw na ito, hindi maaaring magluto bukas, hindi ka maaaring lumipat sa isang bagong bahay sa susunod na araw, may partikular na mga araw na dapat piliin para sa mga kasal at mga libing at maging para sa panganganak. Ano ang tawag dito? Tinatawag itong pagbabawal; ito ang pagkaalipin ng sangkatauhan, at ito ang mga tanikala ni Satanang at masasamang espiritu na kumukontrol sa mga tao at pumipigil sa kanilang mga puso at mga katawan. Umiiral ba ang mga pagbabawal na ito sa Diyos? Kapag pinag-uusapan ang kabanalan ng Diyos, dapat mo munang isipin ito: Walang mga pagbabawal sa Diyos. May mga prinsipyo ang Diyos sa Kanyang mga salita at gawain, ngunit walang mga pagbabawal, sapagkat ang Diyos Mismo ang katotohanan, ang daan, at ang buhay.

Tingnan natin ngayon ang mga sumusunod na talata mula sa mga kasulatan: “Datapuwat sinasabi Ko sa inyo, ‘Na dito ay may isang lalong dakila kaysa sa templo. Datapuwat kung nalalaman ninyo kung ano ang kahulugan nito, habag ang ibig Ko, at hindi hain, ay hindi sana ninyo kinondena ang mga walang kasalanan. Sapagkat ang Anak ng tao ay Panginoon maging ng araw ng sabbath” (Mateo 12:6–8). Ano ang tinutukoy ng salitang “templo” rito? Sa madaling salita, tumutukoy ito sa isang kamangha-manghang, mataas na gusali, at sa Kapanahunan ng Kautusan, ang templo ay lugar para sa mga saserdote upang sambahin ang Diyos. Nang sinabi ng Panginoong Jesus na “dito ay may isang lalong dakila kaysa sa templo,” sino ang tinutukoy na “isa”? Maliwanag, ang “isa” ay ang Panginoong Jesus sa katawang-tao, sapagkat tanging Siya ang mas dakila kaysa sa templo. Ano ang sinasabi ng mga salitang iyon sa mga tao? Sinasabi ng mga ito sa mga tao na lumabas sila sa templo—iniwan na ng Diyos ang templo at hindi na gumagawa sa loob nito, kaya dapat hanapin ng mga tao ang mga yapak ng Diyos sa labas ng templo at sundan ang Kanyang mga hakbang sa Kanyang bagong gawain. Nang sabihin ito ng Panginoong Jesus, may saligan sa likod ng Kanyang mga salita, na sa ilalim ng kautusan, itinuturing ng mga tao ang templo bilang isang bagay na higit na dakila kaysa sa Diyos Mismo. Ibig sabihin, sinamba ng mga tao ang templo sa halip na sambahin ang Diyos, kaya binalaan sila ng Panginoong Jesus na huwag sambahin ang mga idolo, bagkus sa halip ay sambahin ang Diyos, sapagkat Siya ang kataas-taasan. Kaya, sinabi Niya: “Habag ang ibig Ko, at hindi hain.” Maliwanag na sa mga mata ng Panginoong Jesus, hindi na sumasamba kay Jehova ang karamihan sa mga tao na namumuhay sa ilalim ng kautusan, bagkus ay basta na lamang ginagawa ang pagsasakripisyo, at tinukoy ng Panginoong Jesus na ito ay ibinilang na pagsamba sa idolo. Itinuring ng mga sumasambang ito sa idolo ang templo bilang isang bagay na mas dakila at mas mataas kaysa sa Diyos. Tanging ang templo ang nasa kanilang mga puso, hindi ang Diyos, at kung mawala sa kanila ang templo, mawawala sa kanila ang kanilang tahanang dako. Kung wala ang templo ay wala silang ibang mapagsasambahan at hindi maisasagawa ang kanilang mga pagsasakripisyo. Ang kanilang tinatawag na “tahanang dako” ay kung saan ginamit nila ang pagkukunwari ng pagsamba sa Diyos na si Jehova upang makapanatili sa templo at maisagawa ang sarili nilang mga gawain. Ang

kanilang tinatawag na “pagsasakripisyo” ay walang iba kundi ang pagsasagawa nila ng kanilang sariling personal na kahiya-hiyang mga pakikitungo sa ilalim ng balatkayo ng pagsasagawa ng kanilang serbisyo sa templo. Ito ang dahilan kung bakit itinuring ng mga tao sa panahong iyon ang templo bilang higit na dakila kaysa sa Diyos. Sinabi ng Panginoong Jesus ang mga salitang ito bilang babala sa mga tao, sapagkat ginagamit nila ang templo bilang isang balatkayo, at ang mga sakripisyo bilang isang panakip para sa pandaraya sa mga tao at pandaraya sa Diyos. Kung gamitin ang mga salitang ito sa kasalukuyan, gayon pa rin kabisa at gayon pa rin nauukol ang mga ito. Bagaman naranasan na ng mga tao ngayon ang gawain ng Diyos na iba kaysa sa naranasan ng mga tao sa Kapanahunan ng Kautusan, magkatulad ang kalikasan at diwa nila. Sa konteksto ng gawain ngayon, gagawin pa rin ng mga tao ang kaparehong uri ng mga bagay gaya ng kinakatawan ng mga salitang “higit na dakila ang templo kaysa sa Diyos.” Halimbawa, itinuturing ng mga tao ang pagtupad ng kanilang tungkulin bilang kanilang trabaho; itinuturing nila ang pagpapatotoo sa Diyos at ang pakikipaglaban sa malaking pulang dragon bilang mga pagkilos na pulitikal sa pagtatanggol sa mga karapatang pantao, para sa demokrasya at kalayaan; ginagawa nilang karera ang kanilang tungkulin na gamitin ang kanilang mga kakayahan, ngunit itinuturing nila ang pagkatakot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan bilang isang piraso lang ng relihiyosong doktrina na susundin; at iba pa. Hindi ba sadyang katulad ang mga gawing ito ng “higit na dakila ang templo kaysa sa Diyos”? Ang pinagkaiba, dalawang libong taon na ang nakaraan, isinasagawa ng mga tao ang kanilang personal na gawain sa pisikal na templo, ngunit ngayon, isinasagawa ng mga tao ang kanilang personal na gawain sa mga di-nahahawakang mga templo. Ang mga taong nagpapahalaga sa mga patakaran ay itinuturing ang mga patakaran na higit na dakila kaysa sa Diyos, ang mga taong umiibig sa katayuan ay itinuturing ang katayuan na higit na dakila kaysa sa Diyos, ang mga umiibig sa kanilang karera ay itinuturing ang kanilang karera na higit na dakila kaysa sa Diyos, at iba pa—ang lahat ng kanilang mga pagpapahayag ang nag-udyok sa Akin upang sabihing: “Pinupuri ng mga tao ang Diyos bilang pinakadakila sa pamamagitan ng kanilang mga salita, ngunit sa kanilang mga mata ang lahat ng bagay ay higit na dakila kaysa sa Diyos.” Ito ay dahil sa sandaling makakita ng pagkakataon ang mga tao sa kanilang daan ng pagsunod sa Diyos upang maitanghal ang sarili nilang mga talento, o upang maisagawa ang sarili nilang gawain o sarili nilang karera, inilalayo nila ang kanilang mga sarili mula sa Diyos at inilalagak ang kanilang mga sarili sa minamahal nilang karera. At tungkol naman sa ipinagkatiwala sa kanila ng Diyos, at sa Kanyang kalooban, matagal nang naitapon ang mga bagay na iyon. Anong pinagkaiba ng kalagayan ng mga taong ito sa mga nagsagawa ng kani-kanilang mga negosyo sa loob ng templo dalawang libong taon na ang nakararaan?

Sunod, tingnan natin ang huling pangungusap sa talatang ito: “Sapagkat ang Anak ng tao ay Panginoon maging ng araw ng sabbath.” Mayroon bang praktikal na panig sa pangungusap na ito? Nakikita ba ninyo ang praktikal na panig? Nanggagaling mula sa

puso ng Diyos ang bawat isang bagay na Kanyang sinasabi, kaya bakit Niya sinabi ito? Paano ninyo inuunawa ito? Maaaring nauunawaan ninyo ang kahulugan ng pangungusap na ito ngayon, ngunit sa panahon kung kailan ito sinabi ay iilang tao ang nakaunawa sapagkat kalalabas pa lang ng sangkatauhan sa Kapanahunan ng Kautusan. Para sa kanila, isang bagay na napakahirap gawin ang paglabas mula sa Sabbath, lalo na ang pag-unawa kung ano ang totoong Sabbath.

Ang pangungusap na “ang Anak ng tao ay Panginoon maging ng araw ng sabbath” ay nagsasabi sa mga tao na ang lahat ng tungkol sa Diyos ay hindi materyal, at bagaman kayang tustusan ng Diyos ang lahat ng iyong materyal na mga pangangailangan, sa sandaling matugunan na ang lahat ng iyong materyal na mga pangangailangan, mapapalitan ba ng kasiyahan mula sa mga bagay na ito ang iyong paghahangad sa katotohanan? Malinaw na hindi posible iyon! Ang disposisyon ng Diyos at kung ano ang mayroon at kung ano Siya, na atin nang ibinahagi, ay kapwa ang katotohanan. Hindi masusukat ang halaga nito sa pamamagitan ng anumang materyal na bagay, gaano man kahalaga, ni mabibilang ang halaga nito batay sa salapi, dahil hindi ito isang materyal na bagay, at tinutustusan nito ang mga pangangailangan ng puso ng bawat isang tao. Para sa bawat isang tao, ang halaga ng di-nahahawakang mga katotohanang ito ay dapat na higit kaysa sa halaga ng anumang materyal na mga bagay na maaaring pahalagahan mo, hindi ba? Ang pahayag na ito ay isang bagay na kailangan ninyong pag-isipang mabuti. Ang pangunahing punto ng Aking nasabi na ay na kung ano ang mayroon at kung ano ang Diyos at ang lahat ng tungkol sa Diyos ay ang pinakamahahalagang bagay para sa bawat isang tao at hindi mapapalitan ng anumang materyal na bagay. Bibigyan kita ng isang halimbawa: Kapag nagugutom ka, kailangan mo ng pagkain. Maaaring kahit paano ay masarap ang pagkaing ito, o halos hindi kasiya-siya, subalit hanggang nabusog ka, mawawala na ang hindi magandang pakiramdam na iyon ng pagiging gutom—mapapawi na ito. Makauupo ka na nang payapa, at magpapahinga ang iyong katawan. Malulutas ng pagkain ang gutom ng mga tao, subalit kapag sumusunod ka sa Diyos at nadarama na walang pagkaunawa sa Kanya, paano malulutas ang kahungkagan sa iyong puso? Malulutas ba ito ng pagkain? O kapag sumusunod ka sa Diyos at hindi nauunawaan ang Kanyang kalooban, ano ang magagamit mo upang punan ang gutom na yaon sa iyong puso? Sa proseso ng iyong karanasan ng kaligtasan sa pamamagitan ng Diyos, habang naghahangad ng pagbabago sa iyong disposisyon, kung hindi mo nauunawaan ang Kanyang kalooban o hindi nalalaman kung ano ang katotohanan, kung hindi mo nauunawaan ang disposisyon ng Diyos, hindi ka ba makadarama ng lubhang pagkabalisa? Hindi ka ba makadarama ng isang matinding pagkagutom at pagkauhaw sa iyong puso? Hindi ba mahahadlangan ng mga damdaming ito na madama mo ang kapahingahan sa iyong puso? Kaya paano mo mapupunan ang pagkagutom na yaon sa iyong puso—mayroon bang paraan upang malutas ito? Namimili ang ilang tao, hinahanap ng ilan ang kanilang mga kaibigan upang magtapat, nagpapakasasa sa mahabang pagtulog ang ilang tao, nagbabasa ng mas maraming salita ng Diyos ang

iba, o mas lalo silang nagsusumikap at gumugugol ng mas maraming pagsisikap upang tuparin ang kanilang mga tungkulin. Malulutas ba ng mga bagay na ito ang tunay mong mga paghihirap? Ganap na nauunawaan ninyong lahat ang mga ganitong uri ng mga pagsasagawa. Kapag nakadarama ka ng kawalan ng lakas, kapag nakadarama ka ng isang matinding pagnanais na magkamit ng kaliwanagan mula sa Diyos upang tulutan kang malaman ang realidad ng katotohanan at ang Kanyang kalooban, ano ang pinakakailangan mo? Hindi isang kumpletong pagkain ang kailangan mo, at hindi ilang mabuting salita, lalo na ang panandaliang aliw at kasiyahan ng laman—ang kailangan mo ay ang sabihin ng Diyos sa iyo nang tuwiran at malinaw kung ano ang dapat mong gawin at kung paano mo gagawin ito, na sabihin sa iyo nang malinaw kung ano ang katotohanan. Pagkatapos mong maunawaan ito, kahit na kakatiting lang na pagkaunawa ang nakamit mo, hindi ba mas masisiyahan ka sa iyong puso kaysa sa nakakain ka ng isang kumpletong pagkain? Kapag nasisiyahan ang puso mo, hindi ba nagkakamit ng tunay na kapahingahan ang iyong puso at ang iyong buong pagkatao? Sa pamamagitan ng paghahambing at pagsusuring ito, nauunawaan na ba ninyo ngayon kung bakit nais Kong ibahagi sa inyo ang pangungusap na ito, “ang Anak ng tao ay Panginoon maging ng araw ng sabbath”? Nangangahulugan ito na kung anong mula sa Diyos, kung ano ang mayroon at kung ano Siya, at ang lahat ng tungkol sa Kanya, ay higit na dakila kaysa sa anumang ibang bagay, kabilang ang bagay o ang tao na minsang pinaniwalaan mong pinakamahalaga sa iyo. Ibig sabihin, kung hindi nakapagkakamit ang isang tao ng mga salita mula sa bibig ng Diyos o hindi nila nauunawaan ang Kanyang kalooban, hindi sila makapagkakamit ng kapahingahan. Sa inyong mga karanasan sa hinaharap, mauunawaan ninyo kung bakit nais Kong makita ninyo ang talatang ito ngayong araw—napakahalaga nito. Ang lahat ng bagay na ginagawa ng Diyos ay katotohanan at buhay. Ang katotohanan ay isang bagay na hindi maaaring mawala sa mga tao sa kanilang mga buhay, at isang bagay na hindi sila mabubuhay nang wala; maaari ring sabihin na ito ang pinakadakilang bagay. Bagaman hindi mo nakikita o nahahawakan ito, hindi maaaring balewalain ang kahalagahan nito sa iyo; ito ang tanging bagay na makapagbibigay ng kapahingahan sa iyong puso.

Kalakip ba ng sariling mga kalagayan ang inyong pagkaunawa sa katotohanan? Sa totoong buhay, dapat mo munang isipin kung aling mga katotohanan ang nauugnay sa mga tao, pangyayari, at bagay na iyong nakaharap na; matatagpuan mo sa mga katotohanang ito ang kalooban ng Diyos at maiugnay kung ano ang iyong nakaharap na sa Kanyang kalooban. Kung hindi mo nalalaman kung aling mga aspeto ng katotohanan ang nauugnay sa mga bagay na iyong nakaharap na subalit sa halip ay dumiretso sa paghahanap sa kalooban ng Diyos, isang bulag na pamamaraan ito na hindi makapagkakamit ng mga resulta. Kung nais mong hanapin ang katotohanan at maunawaan ang kalooban ng Diyos, kailangan mo munang tingnan kung anong uri ng mga bagay ang nangyari na sa iyo, sa aling mga aspeto ng katotohanan nauugnay ang mga ito, at hanapin ang partikular na katotohanan sa salita ng Diyos na nauugnay

sa kung anong naranasan mo na. At pagkatapos ay hanapin mo ang landas ng pagsasagawa na naaayon para sa iyo sa katotohanang iyon; sa ganitong paraan ay makakamit mo ang isang di-tuwirang pagkaunawa sa kalooban ng Diyos. Ang paghahanap at pagsasagawa sa katotohanan ay hindi pagsasabuhay ng isang doktrina nang wala sa loob o pagsunod sa isang pormula. Ang katotohanan ay hindi gaya ng isang pormula, hindi rin ito isang batas. Hindi ito patay—ito ay buhay mismo, ito ay isang buhay na bagay, at ito ang patakaran na dapat sundin ng isang nilikha habang nabubuhay at ang patakaran na dapat taglayin ng isang tao habang nabubuhay. Isang bagay ito na dapat mong, hangga't maaari, ay maunawaan sa pamamagitan ng karanasan. Ano mang yugto ang narating mo na sa iyong karanasan, hindi ka maihihiwalay sa salita ng Diyos o sa katotohanan, at kung ano ang iyong pagkaunawa sa disposisyon ng Diyos at kung ano ang iyong nalalaman sa kung ano ang mayroon at kung ano ang Diyos ay ipinahahayag lahat sa mga salita ng Diyos; nauugnay ang mga ito nang hindi maihihiwalay sa katotohanan. Ang disposisyon ng Diyos at kung ano ang mayroon at kung ano Siya ay, mismong, ang katotohanan; ang katotohanan ay isang tunay na pagpapamalas ng disposisyon ng Diyos at ng kung ano ang mayroon at kung ano Siya. Ginagawa nitong kongkreto ang kung ano ang mayroon at kung ano Siya, at malinaw nitong ipinahahayag ang kung ano ang mayroon at kung ano Siya; sinasabi nito sa iyo nang mas tuwiran kung ano ang gusto ng Diyos, kung ano ang hindi Niya gusto, kung ano ang nais Niyang gawin mo at kung ano ang hindi Niya pinahihintulutang gawin mo, kung anong mga tao ang kinamumuhian Niya at kung anong mga tao ang kinagigiliwan Niya. Sa likod ng mga katotohanang ipinahahayag ng Diyos, makikita ng tao ang Kanyang kaluguran, galit, kalungkutan, at kasiyahan, gayundin ang Kanyang diwa—ito ang paghahayag ng Kanyang disposisyon. Maliban sa pagkaalam sa kung ano ang mayroon at kung ano ang Diyos, at pagkaunawa sa Kanyang disposisyon mula sa Kanyang salita, ang pinakamahalaga ay ang pangangailangan na marating ang pagkaunawang ito sa pamamagitan ng praktikal na karanasan. Kung inaalís ng isang tao ang kanyang sarili mula sa tunay na buhay upang makilala ang Diyos, hindi nila magagawang makamtan iyon. Kahit na may mga tao na makapagkakamit ng kaunting pagkaunawa mula sa salita ng Diyos, limitado ang kanilang pagkaunawa sa mga teorya at mga salita, at doon nagbubuhay ang pagkakaiba-iba sa kung ano talaga ang Diyos Mismo.

Ang ating ipinagbibigay-alam ngayon ay nakapaloob lahat sa saklaw ng mga kuwentong naitala sa Bibliya. Sa pamamagitan ng mga kuwentong ito, at sa pagsusuri sa mga naganap na bagay na ito, mauunawaan ng mga tao ang Kanyang disposisyon at kung ano ang mayroon at kung ano Siya na Kanyang naipahayag na, tinutulutan sila na makilala ang bawat aspeto ng Diyos nang mas malawak, mas malalim, mas komprehensibo, at mas mabuti. Kung gayon, ang tanging paraan ba na makilala ang bawat aspeto ng Diyos ay sa pamamagitan ng mga kuwentong ito? Hindi, hindi ito ang tanging paraan! Sapagkat kung ano ang sinasabi ng Diyos at ang gawain na Kanyang ginagawa sa Kapanahunan ng Kaharian ay makatutulong nang mas maigi sa mga tao

na makilala ang Kanyang disposisyon, at makilala ito nang mas lubusan. Gayunpaman, sa palagay Ko ay bahagyang mas madaling makilala ang disposisyon ng Diyos at maunawaan ang kung ano ang mayroon at kung ano Siya sa pamamagitan ng ilang halimbawa o mga kuwentong naitala sa Bibliya na pamilyar sa mga tao. Kung gagamitin Ko ang mga salita ng paghatol at pagkastigo at ang mga katotohanan na inihahayag ng Diyos ngayon, salita-por-salita, upang magawa mong makilala Siya sa paraang ito, mararamdaman mo na masyado itong nakababagot at masyadong nakapapagod, at mararamdaman pa ng ilang tao na ang mga salita ng Diyos ay tila gaya ng isang pormula. Subalit kung gagamitin Kong mga halimbawa ang mga kuwentong ito sa Bibliya upang tulungan ang mga tao na makilala ang disposisyon ng Diyos, hindi sila maiinip dito. Masasabi na sa kalagitnaan ng pagpapaliwanag sa mga halimbawang ito, ang mga detalye ng kung ano ang nasa puso ng Diyos sa panahong iyon—ang Kanyang lagay ng loob o damdamin, o ang Kanyang mga kaisipan at mga ideya—ay nasabi na sa mga tao sa wika ng tao, at ang mithiin ng lahat ng ito ay upang tulutan silang pahalagahan, upang maramdaman na kung ano ang mayroon at kung ano ang Diyos ay hindi gaya ng isang pormula. Hindi ito isang alamat, o isang bagay na hindi nakikita o nahahawakan ng mga tao. Isang bagay ito na talagang umiiral, na mararamdaman at mapahahalagahan ng mga tao. Ito ang sukdulang mithiin. Masasabi na pinagpala ang mga taong nabubuhay sa kapanahunang ito. Magagamit nila ang mga kuwento sa Bibliya upang makamit ang mas malawak na pagkaunawa sa nakaraang gawain ng Diyos; makikita nila ang Kanyang disposisyon sa pamamagitan ng mga gawain na Kanyang nagawa na; mauunawaan nila ang kalooban ng Diyos para sa sangkatauhan sa pamamagitan ng mga disposisyong ito na Kanyang naipahayag na, at mauunawaan ang kongkretong mga pagpapamalas ng Kanyang kabanalan at ng Kanyang pagmamalasakit para sa mga tao, at sa paraang ito ay maaabot nila ang isang mas detalyado at mas malalim na kaalaman sa disposisyon ng Diyos. Naniniwala Ako na nararamdaman na ninyong lahat ito ngayon!

Sa loob ng saklaw ng gawain na natapos ng Panginoong Jesus sa Kapanahunan ng Biyaya, makikita mo ang isa pang aspeto ng kung ano ang mayroon at kung ano ang Diyos. Ipinahayag ang aspetong ito sa pamamagitan ng Kanyang katawang-tao, at nagawang makita at pahalagahan ito ng mga tao dahil sa Kanyang pagkatao. Sa Anak ng tao, nakita ng mga tao kung paano isinabuhay ng Diyos sa katawang-tao ang Kanyang pagkatao, at nakita nila ang pagka-Diyos ng Diyos na ipinahayag sa pamamagitan ng katawang-tao. Ang dalawang uri ng pagpapahayag na ito ay nagbigay-daan sa mga tao na makita ang isang talagang tunay na Diyos, at nagpahintulot sa kanila na makabuo ng isang naiibang konsepto ng Diyos. Gayunpaman, sa yugto ng panahon sa pagitan ng paglikha ng mundo at ng katapusan ng Kapanahunan ng Kautusan, ibig sabihin, bago ang Kapanahunan ng Biyaya, ang tanging mga aspeto ng Diyos na nakita, narinig, at naranasan ng mga tao ay ang pagka-Diyos ng Diyos, ang mga bagay na ginawa at sinabi ng Diyos sa isang hindi materyal na dako, at ang mga bagay na Kanyang ipinahayag mula sa Kanyang tunay na persona na hindi maaaring makita o mahawakan.

Kadalasan, nagdudulot ang mga bagay na ito sa mga tao ng pakiramdam na napakatayog ng Diyos sa Kanyang kadakilaan na hindi sila makalalapit sa Kanya. Ang impresyon na madalas ibinigay ng Diyos sa mga tao ay na aandap-andap Siya sa kanilang kakayahan na maunawaan Siya, at naramdaman pa nga ng mga tao na ang bawat isa sa Kanyang mga kaisipan at mga ideya ay masyadong misteryoso at masyadong mailap na walang paraan para maabot ang mga ito, lalo na ang kahit magtangka na maunawaan at pahalagahan ang mga ito. Para sa mga tao, napakalayo ng lahat ng tungkol sa Diyos—napakalayo na hindi na ito kayang makita, hindi na ito kayang mahawakan ng mga tao. Tila ba nasa kaitaasan Siya ng langit, at tila hindi talaga Siya umiiral. Kaya para sa mga tao, ang pagkaunawa sa puso at isip ng Diyos o sa anuman sa Kanyang iniisip ay hindi kayang makamit, at hindi rin nila maaabot. Kahit na nagsagawa ang Diyos ng ilang kongkretong gawain sa Kapanahunan ng Kautusan, at nagpalabas din Siya ng ilang partikular na mga salita at nagpahayag ng ilang partikular na mga disposisyon upang tulutan ang mga tao na pahalagahan at makita ang ilang tunay na kaalaman tungkol sa Kanya, subalit sa huli, ang mga pagpapahayag na ito ng kung ano ang mayroon at kung ano ang Diyos ay nagmula sa isang hindi materyal na dako, at kung ano ang naunawaan ng mga tao, kung ano ang nalaman nila ay tungkol pa rin sa maka-Diyos na aspeto ng kung ano ang mayroon at kung ano Siya. Hindi makapagkamit ang mga tao ng isang kongkretong konsepto mula sa pagpapahayag na ito ng kung ano ang mayroon at kung ano Siya, at ang kanilang impresyon ukol sa Diyos ay nananatili pa rin sa loob ng saklaw ng “isang espirituwal na katawan na mahirap malapitan, na aandap-andap sa kanilang kaunawaan.” Sapagkat hindi gumamit ang Diyos ng isang partikular na bagay o imahe na kabilang sa materyal na dako upang magpakita sa harap ng mga tao, nanatili sila na hindi kayang isalarawan Siya gamit ang wika ng tao. Sa mga puso at mga isip ng mga tao, palagi nilang ninais na gamitin ang kanilang sariling wika upang makapagtatag ng isang pamantayan para sa Diyos, upang gawin Siyang nahahawakan at gawin Siyang tao, gaya ng kung gaano Siya katangkad, kung gaano Siya kalaki, kung ano ang Kanyang hitsura, kung ano talaga ang gusto Niya at kung ano ang Kanyang personalidad. Sa katunayan, alam ng Diyos sa Kanyang puso na ganito ang pag-iisip ng mga tao. Napakalinaw Niya sa mga pangangailangan ng mga tao, at mangyari pa ay alam din Niya kung ano ang Kanyang dapat gawin, kaya isinakatuparan Niya ang Kanyang gawain sa naiibang pamamaraan sa Kapanahunan ng Biyaya. Ang ganitong paraan ay kapwa maka-Diyos at nagawang makatao. Sa yugto ng panahon na gumagawa ang Panginoong Jesus, nakikita ng mga tao na maraming pantaong mga pagpapahayag ang Diyos. Halimbawa, nakasasayaw Siya, nakadadalo Siya sa mga kasalan, nagagawa Niyang makipagniig sa mga tao, makipag-usap sa kanila, at magtalakay ng mga bagay kasama nila. Bukod pa ryan, natapos din ng Panginoong Jesus ang maraming gawain na kumakatawan sa Kanyang pagka-Diyos, at mangyari pa na ang lahat ng gawaing ito ay isang pagpapahayag at isang pagbubunyag ng disposisyon ng Diyos. Sa panahong ito, nang ang pagka-Diyos ng Diyos ay

naisakatuparan sa isang karaniwang katawang-tao na maaaring makita at mahawakan ng mga tao, hindi na nila naramdaman na Siya ay aandap-andap sa kanilang kaunawaan o na hindi sila makalalapit sa Kanya. Sa kabaligtaran, masusubukan nilang maintindihan ang kalooban ng Diyos o maunawaan ang Kanyang pagka-Diyos sa pamamagitan ng bawat pagkilos, sa pamamagitan ng mga salita, at sa pamamagitan ng gawain ng Anak ng tao. Inihayag ng nagkatawang-taong Anak ng tao ang pagka-Diyos ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang pagkatao at ipinarating ang kalooban ng Diyos sa sangkatauhan. At sa pamamagitan ng Kanyang pagpapahayag sa kalooban at disposisyon ng Diyos, ibinunyag din Niya sa mga tao ang Diyos na hindi nakikita o nahahawakan na nananahan sa espirituwal na dako. Ang nakita ng mga tao ay ang Diyos Mismo sa anyong nahahawakan, na gawa sa laman at dugo. Kaya ginawa ng nagkatawang-taong Anak ng tao ang mga bagay tulad ng pagkakakilanlan ng Diyos Mismo, katayuan, imahe, disposisyon ng Diyos, at ng kung ano ang mayroon at kung ano Siya, na kongkreto at nagawang makatao. Bagaman mayroong ilang limitasyon ang panlabas na kaanyuan ng Anak ng tao hinggil sa imahe ng Diyos, ang Kanyang diwa at ang kung ano ang mayroon at kung ano Siya ay lubos na kayang kumatawan sa pagkakakilanlan at katayuan ng Diyos Mismo—mayroon lang ilang pagkakaiba sa anyo ng pagpapahayag. Hindi natin maitatangi na kinatawan ng Anak ng tao ang pagkakakilanlan at katayuan ng Diyos Mismo, kapwa sa anyo ng Kanyang pagkatao at sa Kanyang pagka-Diyos. Sa panahong ito, gayunpaman, gumawa ang Diyos sa pamamagitan ng katawang-tao, nagsalita mula sa pananaw ng katawang-tao, at tumayo sa harapan ng sangkatauhan nang may pagkakakilanlan at katayuan ng Anak ng tao, at ito ang nagbigay ng pagkakataon sa mga tao na makaharap at maranasan ang tunay na mga salita at gawain ng Diyos sa sangkatauhan. Pinahintulutan din nito ang kabitiran ng mga tao sa Kanyang pagka-Diyos at sa Kanyang kadakilaan sa gitna ng pagpapakumbaba, gayundin ang magkamit ng isang paunang pagkaunawa at pakahulugan sa pagiging-tunay at realidad ng Diyos. Bagaman ang gawaing natapos ng Panginoong Jesus, ang Kanyang mga paraan ng paggawa, at ang pananaw kung saan Siya nagsasalita ay naiiba sa tunay na persona ng Diyos sa espirituwal na dako, ang lahat tungkol sa Kanya ay tunay na kumatawan sa Diyos Mismo, na hindi pa kailanman nakita ng sangkatauhan noon—hindi ito maitatangi! Ibig sabihin, sa anumang anyo nagpapakita ang Diyos, sa alinmang pananaw Siya nagsasalita, o sa anumang imahe Niya hinaharap ang sangkatauhan, walang ibang kinakatawan ang Diyos kundi Siya Mismo. Hindi Siya maaaring kumatawan sa sinumang tao, ni sa sinuman sa tiwaling sangkatauhan. Ang Diyos ay ang Diyos Mismo, at hindi ito maitatangi.

Pagkatapos, titingnan natin ang isang talinghaga na inilahad ng Panginoong Jesus sa Kapanahunan ng Biyaya.

3. Ang Talinghaga ng Nawalang Tupa

Mateo 18:12–14 Ano ang akala ninyo? Kung ang isang tao ay may isang daang tupa,

at maligaw ang isa sa mga yaon, hindi бага iiwan niya ang siyamnapu't siyam, at pasasa kabundukan, at hahanapin ang naligaw? At kung mangyaring masumpungan niya, ay katotohanang sinasabi Ko sa inyo, na magagalak ng higit dahil dito kaysa sa siyamnapu't siyam na hindi nangaligaw. Gayon din na hindi nga kalooban ng inyong Amang nasa langit, na ang isa sa maliliit na ito ay mapahamak.

Ang siping ito ay isang talinghaga—ano ang ipinadarama nito sa mga tao? Ang paraan ng pagpapahayag—ang talinghaga—na ginamit dito ay isang tayutay sa wika ng tao, at sa gayon ay nakapaloob sa saklaw ng kaalaman ng tao. Kung nagsalita ang Diyos ng kaparehong bagay sa Kapanahunan ng Kautusan, maaaring nadama ng mga tao na ang gayong mga salita ay hindi tunay na alinsunod sa kung sino ang Diyos, ngunit nang ipinahayag ng Anak ng tao ang mga salitang ito sa Kapanahunan ng Biyaya, ito ay nakaaaliw, nakasisigla, at malapit sa mga tao. Nang naging tao ang Diyos, nang nagpakita Siya sa anyo ng isang tao, ginamit Niya ang isang lubhang naaangkop na talinghaga na nagmula sa sarili Niyang pagkatao, upang ipahayag ang tinig ng Kanyang puso. Kinatawan ng tinig na ito ang sariling tinig ng Diyos at ang gawain na ninais Niyang gawin sa kapanahunang iyon. Kinatawan din nito ang isang saloobin na mayroon ang Diyos tungo sa mga tao sa Kapanahunan ng Biyaya. Kung titingin mula sa pananaw ng saloobin ng Diyos tungo sa mga tao, inihambing Niya ang bawat isang tao sa isang tupa. Kung mawala ang isang tupa, gagawin Niya ang lahat upang mahanap ito. Kinatawan nito ang isang prinsipyo ng gawain ng Diyos sa panahong iyon kasama ng sangkatauhan, nang Siya ay nasa katawang-tao. Ginamit ng Diyos ang talinghagang ito upang isalarawan ang Kanyang kapasyahan at saloobin sa gawaing iyon. Ito ang kabutihan ng pagkakatawang-tao ng Diyos: Mapakikinabangan Niya ang kaalaman ng sangkatauhan at magagamit ang wika ng tao upang magsalita sa mga tao, at upang ipahayag ang Kanyang kalooban. Ipinaliwanag Niya o “isinalin” sa tao ang Kanyang malalim, maka-Diyos na wika na nahihirapan ang mga taong maunawaan sa wika ng tao, sa paraan ng tao. Nakatulong ito sa mga tao na maunawaan ang Kanyang kalooban at malaman kung ano ang nais Niyang gawin. Nagagawa rin Niyang makipag-usap sa mga tao mula sa pananaw ng tao, gamit ang wika ng tao, at magbigay-alam sa mga tao sa paraang nauunawaan nila. Nagagawa pa nga Niyang magsalita at gumawa gamit ang wika at kaalaman ng tao nang maaaring maramdaman ng mga tao ang kagandahang-loob at pagiging malapit ng Diyos, nang maaaring makita nila ang Kanyang puso. Ano ang nakikita ninyo rito? Mayroon bang anumang pagbabawal sa mga salita at mga pagkilos ng Diyos? Sa tingin ng mga tao, hindi posible na magamit ng Diyos ang pantaong kaalaman, wika, o mga pamamaraan ng pananalita upang pag-usapan ang tungkol sa kung ano ang ninais sabihin ng Diyos Mismo, ang gawain na ninais Niyang gawin, o upang ipahayag ang sarili Niyang kalooban. Subalit maling pag-iisip ito. Ginamit ng Diyos ang ganitong uri ng talinghaga upang maramdaman ng mga tao ang pagiging totoo at ang sinseridad ng Diyos, at makita ang Kanyang saloobin tungo sa mga tao sa

yugto ng panahong iyon. Ginising ng talinghagang ito mula sa isang panaginip ang mga tao na nabubuhay sa ilalim ng kautusan nang mahabang panahon, at binigyang-inspirasyon din nito ang sali't saling lahi ng mga tao na nabuhay sa Kapanahunan ng Biyaya. Sa pagbabasa ng siping ito ng talinghaga, nalalaman ng mga tao ang sinseridad ng Diyos sa pagliligtas sa sangkatauhan at nauunawaan ang bigat at halagang ukol sa sangkatauhan sa puso ng Diyos.

Tingnan natin ang huling pangungusap sa siping ito: “Gayon din na hindi nga kalooban ng inyong Amang nasa langit, na ang isa sa maliliit na ito ay mapahamak.” Sariling mga salita ba ito ng Panginoong Jesus, o mga salita ng Ama sa langit? Sa unang tingin, tila ba ang Panginoong Jesus ang nagsasalita, ngunit kinakatawan ng Kanyang kalooban ang kalooban ng Diyos Mismo, kaya sinabi Niyang: “Gayon din na hindi nga kalooban ng inyong Amang nasa langit, na ang isa sa maliliit na ito ay mapahamak.” Tanging ang Ama sa langit ang kinilala ng mga tao sa panahong iyon bilang Diyos, at naniwalang ang taong ito na kanilang nakita sa harap ng kanilang mga mata ay isinugo lang Niya, at hindi maaaring kumatawan sa Ama sa langit. Iyon ang dahilan kung bakit kinailangan ng Panginoong Jesus na idagdag ang pangungusap na ito sa hulihan ng talinghagang ito, upang tunay na maramdaman ng mga tao ang kalooban ng Diyos sa sangkatauhan at maramdaman ang pagiging-tunay at katumpakan ng Kanyang sinabi. Kahit na isang simpleng bagay ang pangungusap na ito para sabihin, sinabi ito nang may pagmamalasakit at pag-ibig at ibinunyag ang pagpapakumbaba at pagiging tago ng Panginoong Jesus. Naging tao man ang Diyos o gumawa man Siya sa espirituwal na dako, Siya ang nakakilala nang pinakamabuti sa puso ng tao, at nakaunawa nang pinakamahusay sa kung anong kinailangan ng mga tao, nakaalam sa kung anong ikinababahala ng mga tao, at kung anong nakalilito sa kanila, at kaya idinagdag Niya ang pangungusap na ito. Itinampok ng pangungusap na ito ang isang suliraning nakatago sa sangkatauhan: Nag-alinlangan ang mga tao sa sinabi ng Anak ng tao, na ang ibig sabihin, nang nagsasalita ang Panginoong Jesus kinailangan Niyang idagdag ang: “Gayon din na hindi nga kalooban ng inyong Amang nasa langit, na ang isa sa maliliit na ito ay mapahamak,” at tanging sa saligang ito makapamumunga ang Kanyang mga salita, upang papaniwalain ang mga tao sa katumpakan ng mga ito at pagbutihin ang kredibilidad ng mga ito. Ipinakikita nito na noong naging karaniwang Anak ng tao ang Diyos, nagkaroon ang Diyos at ang sangkatauhan ng isang di-mapalagay na ugnayan, at na ang kalagayan ng Anak ng tao ay talagang nakahihiya. Ipinakikita rin nito kung gaano kahamak ang katayuan ng Panginoong Jesus sa gitna ng mga tao sa panahong iyon. Nang sinabi Niya ito, ito ay upang sabihin talaga sa mga tao na: Makatitiyak kayo—hindi kinakatawan ng mga salitang ito kung ano ang nasa sarili Kong puso, bagkus ang mga ito ay ang kalooban ng Diyos na nasa inyong mga puso. Para sa sangkatauhan, hindi ba ito isang kakatwang bagay? Bagaman ang Diyos na gumagawa sa katawang-tao ay maraming kalamangan na wala sa Kanya sa Kanyang persona, kinailangan Niyang tiisin ang kanilang mga alinlangan at pagtangg

gayundin ang kanilang kamanhiran at kapurulan. Masasabi na ang proseso ng gawain ng Anak ng tao ay ang proseso ng pagdanas ng pagtanggì ng sangkatauhan at pagdanas ng kanilang pakikipagtunggali laban sa Kanya. Higit pa roon, ito ang proseso ng paggawa upang patuloy na makuha ang tiwala ng sangkatauhan at malupig ang sangkatauhan sa pamamagitan ng kung ano ang mayroon at kung ano Siya, sa pamamagitan ng Kanyang sariling diwa. Hindi naman talaga naglunsad ang Diyos na nagkatawang-tao ng digmaan sa lupa laban kay Satanas; mas masasabi na naging isang karaniwang tao ang Diyos at nagsimula ng isang pakikibaka kasama ang mga sumusunod sa Kanya, at sa pakikibakang ito ay natapos ng Anak ng tao ang Kanyang gawain sa Kanyang pagpapakumbaba, sa kung ano ang mayroon at kung ano Siya, at sa Kanyang pag-ibig at karunungan. Natamo Niya ang mga taong ninais Niya, nakuha ang pagkakakilanlan at katayuan na nararapat sa Kanya, at “bumalik” sa Kanyang luklukan.

Pagkatapos, tingnan natin ang sumusunod na dalawang sipi ng kasulatan.

4. Magpatawad nang Makapitongpung Pitong Beses

Mateo 18:21–22 Nang magkagayo’y lumapit si Pedro at sinabi sa Kanya, “Panginoon, makailang magkakasala ang aking kapatid laban sa akin na siya’y aking patatawarin? Hanggang sa makapito?” Sinabi sa kanya ni Jesus, “hindi Ko sinasabi sa iyo, hanggang sa makapito; kundi hanggang sa makapitongpung pito.”

5. Ang Pag-ibig ng Panginoon

Mateo 22:37–39 At sinabi sa kanya, “Dapat ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, at nang buong kaluluwa mo, at nang buong pag-iisip mo. Ito ang dakila at pang-unang utos. At ang pangalawang katulad ay ito, dapat ibigin mo ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili.”

Sa dalawang talatang ito, nagpapahayag ang isa ng pagpapatawad at nagpapahayag naman ang isa ng pag-ibig. Talagang itinatampok ng dalawang paksang ito ang gawain na ninais isakatuparan ng Panginoong Jesus sa Kapanahunan ng Biyaya.

Nang naging tao ang Diyos, dinala Niyang kasama Niya ang isang yugto ng Kanyang gawain, na siyang partikular na mga gawain at ang disposisyon na ninais Niyang ipahayag sa kapanahunang ito. Sa panahong iyon, umikot ang lahat ng bagay na ginawa ng Anak ng tao sa gawain na ninais isakatuparan ng Diyos sa kapanahunang ito. Hindi Siya gagawa nang labis at nang kulang. Ang bawat isang bagay na Kanyang sinabi at bawat uri ng gawain na Kanyang isinakatuparan ay may kaugnayang lahat sa kapanahunang ito. Kung ipinahayag man Niya ito sa paraan ng tao nang may wika ng tao o sa pamamagitan ng wikang maka-Diyos, at kahit na alinmang paraan, o mula sa alinmang pananaw Niya ginawa iyon, ang Kanyang mithiin ay upang tulungan ang mga tao na maunawaan kung ano ang ninais Niyang gawin, kung ano ang Kanyang kalooban, at kung ano ang Kanyang mga hinihingi sa mga tao noon. Maaari Siyang gumamit ng iba’t ibang mga pamamaraan at magkakaibang mga pananaw upang

tulungan ang mga tao na maunawaan at malaman ang Kanyang kalooban, at upang maunawaan ang Kanyang gawain ng pagliligtas sa sangkatauhan. Kaya sa Kapanahunan ng Biyaya ay makikita natin ang Panginoong Jesus na kadalasang gumagamit ng wika ng tao upang ipahayag ang ninais Niyang ipagbigay-alam sa sangkatauhan. Higit pa rito, nakikita natin Siya mula sa pananaw ng isang karaniwang patnubay na nakikipag-usap sa mga tao, tinutustusan ang kanilang mga pangangailangan, at tinutulungan sila sa kung ano ang kanilang hiniling. Hindi nakita ang paraang ito ng paggawa sa Kapanahunan ng Kautusan na dumating bago ang Kapanahunan ng Biyaya. Naging mas malapit at naging mas mahabagin Siya sa sangkatauhan, gayundin ay mas nagagawang magtamo ng praktikal na mga resulta kapwa sa anyo at sa pamamaraan. Ang metapora tungkol sa pagpapatawad sa mga tao nang makapitongpung pitong beses ay talagang nililinaw ang puntong ito. Ang layon na natamo ng bilang sa metaporang ito ay upang tulutan ang mga tao na maunawaan ang layunin ng Panginoong Jesus sa panahong sinabi Niya ito. Ang Kanyang layunin ay na dapat magpatawad ang mga tao sa iba—hindi isa o dalawang beses, at hindi rin nang pitong beses, kundi makapitongpung pito. Anong uri ng ideya ang nakapaloob sa ideya ng “makapitongpung pito”? Ito ay upang maging sanhi na gawing sariling pananagutan ng mga tao ang pagpapatawad, isang bagay na dapat nilang matutuhan, at isang “landas” na kung saan dapat silang manatili. Bagaman ito ay isa lang metapora, ginamit ito upang itampok ang isang mahalagang punto. Nakatulong ito sa mga tao na lubos na pahalagahan kung ano ang ibig Niyang sabihin at na hanapin ang wastong mga pamamaraan ng pagsasagawa at ang mga prinsipyo at mga pamantayan ng pagsasagawa. Nakatulong ang metaporang ito sa mga tao na malinaw na makaunawa at nagbigay sa kanila ng tamang konsepto—na dapat silang matutong magpatawad at magpatawad nang kahit ilang beses nang walang mga kondisyon, bagkus ay may saloobin ng pagpapaubaya at pag-unawa para sa iba. Nang sinabi ito ng Panginoong Jesus, ano ang nasa puso Niya? Talaga bang iniisip Niya ang bilang na “makapitongpung pito”? Hindi, hindi Niya iniisip. Mayroon bang dami ng beses na magpapatawad ang Diyos sa tao? Maraming tao ang totoong interesado sa “dami ng beses” na nabanggit dito, na nais talagang maunawaan ang pinagmulan at ang kahulugan ng bilang na ito. Nais nilang maunawaan kung bakit lumabas sa bibig ng Panginoong Jesus ang bilang na ito; naniniwala sila na mayroong mas malalim na pakahulugan sa bilang na ito. Subalit sa katunayan, ito ay tayutay lang ng tao na ginamit ng Diyos. Anumang pagpapahiwatig o kahulugan ay dapat na maintindihan kasama ng mga hinihingi ng Panginoong Jesus sa sangkatauhan. Nang hindi pa naging tao ang Diyos, hindi masyadong naunawaan ng mga tao ang Kanyang sinabi, sapagkat nanggaling ang Kanyang mga salita sa ganap na pagka-Diyos. Ang pananaw at ang konteksto ng Kanyang sinabi ay hindi nakikita at hindi naaabot ng sangkatauhan; ipinahayag ito mula sa espirituwal na dako na hindi nakikita ng mga tao. Para sa mga taong nabuhay sa laman, hindi nila kayang bagtasin ang espirituwal na dako. Subalit pagkatapos maging tao ng Diyos, nagsalita Siya sa sangkatauhan mula sa pananaw

ng pagkatao, at Siya ay lumabas at hinigitan ang saklaw ng espirituwal na dako. Kaya Niyang ipahayag ang Kanyang maka-Diyos na disposisyon, kalooban, at saloobin sa pamamagitan ng mga bagay na maiisip ng mga tao, mga bagay na kanilang nakita at nakaharap sa kanilang mga buhay, at gamit ang mga pamamaraan na matatanggap ng mga tao, sa wika na kanilang mauunawaan, at nang may kaalaman na kanilang maiintindihan, upang tulutan ang sangkatauhan na maunawaan at makilala ang Diyos, upang maintindihan ang Kanyang layunin at ang Kanyang hinihinging mga pamantayan sa loob ng saklaw ng kanilang kakayahan at sa antas na kanilang makakaya. Ito ang pamamaraan at prinsipyo ng gawain ng Diyos sa pagkatao. Bagaman ang mga pamamaraan ng Diyos at ang Kanyang mga prinsipyo ng paggawa sa katawang-tao ay karamihang nakamit gamit ang o sa pamamagitan ng pagkatao, totoong nakapagtamo ito ng mga resulta na hindi matatamo sa pamamagitan ng tuwirang paggawa sa pagka-Diyos. Ang gawain ng Diyos sa pagkatao ay higit na kongkreto, tunay, at nakatuon, lalong higit na naibabagay ang mga pamamaraan, at hinigitan nito sa anyo ang gawaing isinakatuparan sa Kapanahunan ng Kautusan.

Sunod, pag-usapan natin ang tungkol sa pag-ibig sa Panginoon at pag-ibig sa kapwa gaya ng iyong sarili. Ito ba ay isang bagay na tuwirang ipinahahayag sa pagka-Diyos? Hindi, malinaw na hindi! Lahat ng ito ay mga bagay na sinabi ng Anak ng tao sa pagkatao; mga tao lamang ang magsasabi ng isang bagay gaya ng “Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili,” at “Ibigin ang kapwa gaya ng pagtatangi mo sa sarili mong buhay.” Eksklusibo sa tao ang ganitong pamamaraan ng pagsasalita. Hindi kailanman nagsalita sa ganitong paraan ang Diyos. Sa paanuman, hindi taglay ng Diyos ang ganitong uri ng wika sa Kanyang pagka-Diyos sapagkat hindi Niya kailangan ang ganitong uri ng prinsipyo, “Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili,” upang isaayos ang Kanyang pag-ibig sa sangkatauhan, sapagkat ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan ay isang likas na paghahayag ng kung ano ang mayroon at kung ano Siya. Kailan pa ninyo narinig na nagsabi ang Diyos ng anumang gaya ng: “Iniibig Ko ang sangkatauhan gaya ng pag-ibig Ko sa Aking Sarili”? Hindi pa ninyo narinig, sapagkat nasa diwa ng Diyos ang pag-ibig at nasa kung ano ang mayroon at kung ano Siya. Ang pag-ibig ng Diyos para sa sangkatauhan, at ang Kanyang saloobin, at ang paraan ng Kanyang pagtrato sa mga tao ay mga likas na pagpapahayag at pagbubunyag ng Kanyang disposisyon. Hindi Niya kailangang gawin ito nang sadya sa isang partikular na paraan, o sadyang sundin ang isang partikular na pamamaraan o isang pamantayang moral upang matamo ang pag-ibig Niya sa kapwa gaya sa sarili Niya—tinataglay na Niya ang ganitong uri ng diwa. Ano ang nakikita mo rito? Nang gumawa ang Diyos sa pagkatao, marami sa Kanyang mga pamamaraan, mga salita, at mga katotohanan ay ipinahayag sa paraan ng tao. Subalit kasabay nito, ang disposisyon ng Diyos, ang kung ano ang mayroon at kung ano Siya, at ang Kanyang kalooban ay ipinahayag upang malaman at maunawaan ng mga tao. Ang kanilang nalaman at naunawaan ay ang Kanya mismong diwa at kung ano ang mayroon at kung ano Siya, na kumakatawan sa likas na

pagkakakilanlan at katayuan ng Diyos Mismo. Ibig sabihin, ipinahayag ng Anak ng tao sa katawang-tao ang likas na disposisyon at diwa ng Diyos Mismo sa abot ng makakaya at nang tumpak hangga't maaari. Hindi lang sa hindi isang balakid o isang hadlang ang pagkatao ng Anak ng tao sa komunikasyon at pakikipag-ugnayan ng tao sa Diyos sa langit, bagkus ay ito lang talaga ang paraan at ang tanging tulay para sa sangkatauhan upang makipag-ugnayan sa Panginoon ng paglikha. Ngayon, sa puntong ito, hindi ba ninyo nararamdaman na maraming pagkakatulad sa pagitan ng kalikasan at sa mga pamamaraan ng gawain na ginawa ng Panginoong Jesus sa Kapanahunan ng Biyaya at sa kasalukuyang yugto ng gawain? Gumagamit din ang kasalukuyang yugto ng gawaing ito ng napakaraming wika ng tao upang ipahayag ang disposisyon ng Diyos, at ng napakaraming wika at pamamaraan mula sa pang-araw-araw na buhay ng sangkatauhan at kaalaman ng tao upang ipahayag ang kalooban ng Diyos Mismo. Sa sandaling maging tao ang Diyos, nagsasalita man Siya mula sa pananaw ng isang tao o sa pananaw ng isang Diyos, marami sa Kanyang wika at mga pamamaraan ng pagpapahayag ay nagmumula sa paraan ng wika at mga pamamaraan ng tao. Ibig sabihin, nang maging tao ang Diyos, ito ang pinakamainam na pagkakataon upang makita mo ang pagiging makapangyarihan sa lahat ng Diyos at ang Kanyang karunungan, at upang malaman ang bawat tunay na aspeto ng Diyos. Nang naging tao ang Diyos, habang lumalaki Siya, naunawaan, natutuhan, at naintindihan Niya ang ilan sa mga kaalaman ng sangkatauhan, sentido kumon, wika, at mga pamamaraan ng pagpapahayag sa pagkatao. Tinaglay ng Diyos na nagkatawang-tao ang mga bagay na ito na nanggaling sa mga tao na Kanyang nilikha. Naging mga kasangkapan ang mga ito ng Diyos na nasa katawang-tao para sa pagpapahayag ng Kanyang disposisyon at ng Kanyang pagka-Diyos, at nagtulot sa Kanya upang gawin ang Kanyang gawain na mas naaangkop, mas tunay, at mas tumpak nang Siya ay gumagawa sa kalagitnaan ng sangkatauhan, mula sa pananaw ng isang tao at gamit ang wika ng tao. Ginawa nito ang Kanyang gawain na mas naaabot at mas madaling nauunawaan ng mga tao, sa gayon ay natatamo ang mga resultang ninais ng Diyos. Hindi ba higit na praktikal para sa Diyos na gumawa sa katawang-tao sa ganitong paraan? Hindi ba ito ang karunungan ng Diyos? Kapag nagkatawang-tao na ang Diyos, kapag naisabalikat na ng katawang-tao ng Diyos ang gawain na ninais Niyang isakatuparan, iyon ay kung kailan Niya praktikal na ipahahayag ang Kanyang disposisyon at ang Kanyang gawain, at iyon rin ang panahon na maaari na Niyang opisyal na simulan ang Kanyang ministryo bilang Anak ng tao. Nangangahulugan ito na wala nang “agwat ng salinlahi” sa pagitan ng Diyos at ng tao, na malapit nang itigil ng Diyos ang Kanyang gawain ng pagbibigay-alam sa pamamagitan ng mga sugo, at na maaaring ipahayag nang personal ng Diyos Mismo ang lahat ng salita at gawain na ninais Niyang ipahayag sa katawang-tao. Nangangahulugan din ito na ang mga taong inililigtas ng Diyos ay naging mas malapit sa Kanya, na ang Kanyang gawain ng pamamahala ay nakapasok sa isang bagong teritoryo, at na malapit nang harapin ng buong sangkatauhan ang isang bagong panahon.

Nalalaman ng lahat ng nakabasa na sa Bibliya na maraming bagay ang nangyari nang ipanganak ang Panginoong Jesus. Ang pinakamatindi sa mga pangyayaring iyon ay nang tinutugis Siya ng hari ng mga diyablo, na isang napakalubhang pangyayari na anupa't ang lahat ng bata sa bayan na edad dalawang taon pababa ay pinagpapatay. Maliwanag na sinuong ng Diyos ang napakalaking panganib sa pagkakatawang-tao kasama ng mga tao; maliwanag din ang napakalaking halaga na Kanyang binayaran para sa pagtatapos ng Kanyang pamamahala sa pagliligtas sa sangkatauhan. Maliwanag din ang dakilang mga pag-asa na pinanghawakan ng Diyos para sa Kanyang gawain sa gitna ng sangkatauhan sa katawang-tao. Nang magawa ng katawang-tao ng Diyos na gumawa kasama ng sangkatauhan, ano ang Kanyang naramdaman? Dapat na maunawaan ng mga tao iyon kahit papaano, hindi ba? Ano't anuman, masaya ang Diyos sapagkat maaari na Niyang simulang isakatuparan ang Kanyang bagong gawain sa sangkatauhan. Nang nabautismuhan ang Panginoong Jesus at opisyal na sinimulan ang Kanyang gawain upang tuparin ang Kanyang ministryo, napuno ng kagalakan ang puso ng Diyos dahil pagkatapos ng napakaraming taon ng paghihintay at paghahanda, maisusuot na Niya sa wakas ang katawang-tao ng isang normal na tao at masisimulan ang Kanyang bagong gawain sa anyo ng isang tao na may laman at dugo, na maaaring makita at mahawakan ng mga tao. Sa wakas ay maaari na Siyang makipag-usap nang harap-harapan at masinsinan sa mga tao sa pamamagitan ng pagkakakilanlan ng isang tao. Sa wakas ay maaari nang humarap ang Diyos nang mukhaan sa sangkatauhan sa pamamagitan ng mga paraan ng tao at wika ng tao; maaari na Niyang tustusan ang sangkatauhan, liwanagan sila, at tulungan sila gamit ang wika ng tao; maaari na Siyang kumain sa parehong hapag at mamuhay sa parehong lugar kasama sila. Maaari na rin Niyang makita ang mga tao, makita ang mga bagay, at makita ang lahat gaya ng kung paano nakikita ng mga tao ang mga ito at maging sa pamamagitan ng kanilang sariling mga mata. Para sa Diyos, ito na ang Kanyang unang tagumpay sa Kanyang gawain sa katawang-tao. Masasabi rin na ito ay katuparan ng isang dakilang gawain—ito mangyari pa ang lubos na ikinaliligaya ng Diyos. Simula noon, nadama ng Diyos, sa unang pagkakataon, ang isang uri ng kaaliwan sa Kanyang gawain sa sangkatauhan. Ang lahat ng mga kaganapang nangyari ay totoong praktikal at talagang likas, at ang kaaliwan na naramdaman ng Diyos ay napakatotoo. Para sa sangkatauhan, sa tuwing naisasakatuparan ang isang bagong yugto ng gawain ng Diyos, at sa tuwing nakararamdam ng kasiyahan ang Diyos, ay kung kailan maaaring mas mapalapit ang sangkatauhan sa Diyos at sa kaligtasan. Sa Diyos, ito rin ang paglulunsad ng Kanyang bagong gawain, sumusulong sa Kanyang plano ng pamamahala, at, higit pa rito, ito ang mga pagkakataon kung kailan ang Kanyang mga layunin ay nalalapit sa ganap na katuparan. Para sa sangkatauhan, mapalad ang pagdating ng gayong pagkakataon, at talagang mabuti; para sa lahat ng naghihintay sa pagliligtas ng Diyos, ito ay napakahalaga at nakagagalak na balita. Kapag isinasakatuparan ng Diyos ang isang bagong yugto ng gawain, mayroon Siyang isang bagong pasimula, at kapag inilunsad at ipinakilala ang

bagong gawain at bagong pasimulang ito sa sangkatauhan, ito ay kung kailan natiyak na ang kalalabasan ng yugtong ito ng gawain at natapos na at nakita na ng Diyos ang panghuling epekto at bunga. Ito rin ay kung kailan mapalulugod ng mga epektong ito ang Diyos, at, mangyari pa, ito ay kung kailan masaya ang Kanyang puso. Panatag ang Diyos dahil, sa mga mata Niya, nakita at natukoy na Niya ang mga tao na Kanyang hinahanap, at nakamit na ang pangkat na ito ng tao, isang pangkat na magagawang maging matagumpay ang Kanyang gawain at magdudulot sa Kanya ng kaluguran. Kaya naman, isinasantabi Niya ang Kanyang mga pag-aalala, at nakararamdam Siya ng kasiyahan. Sa madaling salita, kapag ang katawang-tao ng Diyos ay makapagsisimula ng bagong gawain kasama ng tao, at sinimulan Niya, nang walang hadlang, na gawin ang gawain na dapat Niyang gawin, at kapag nararamdaman na Niyang natapos na ang lahat, kung gayon ay para sa Kanya, nakikita na Niya ang katapusan. Nasisiyahan Siya dahil dito, at masaya ang Kanyang puso. Paano naipahahayag ang kasiyahan ng Diyos? Naiisip ba ninyo kung ano kaya ang sagot? Maaari bang umiyak ang Diyos? Makaiiyak ba ang Diyos? Maipapalakpak ba ng Diyos ang Kanyang mga kamay? Makasasayaw ba ang Diyos? Makaaawit ba ang Diyos? Kung gayon, ano kayang aawitin Niya? Mangyari pa, makaaawit ang Diyos ng isang maganda, nakaaantig na awit, isang awit na kayang ipahayag ang galak at kasiyahan sa Kanyang puso. Magagawa Niyang awitin ito para sa sangkatauhan, para sa Kanya Mismo, at para sa lahat ng bagay. Maipapahayag sa anumang paraan ang kasiyahan ng Diyos—normal ang lahat ng ito sapagkat may mga kagalakan at mga kalungkutan ang Diyos, at ang Kanyang iba’t ibang damdamin ay maipahahayag sa iba’t ibang paraan. Ito ay Kanyang karapatan, at wala nang ibang mas normal at wasto. Hindi na dapat mag-isip ng anupaman dito ang mga tao. Hindi ninyo dapat subukang gamitin ang “orasyon sa paghihigpit ng benda”^a sa Diyos, na sinasabi sa Kanya na hindi Niya dapat gawin ang ganito o ganoon, hindi Siya dapat kumilos nang ganito o ganoon, at sa paraang ito ay limitahan ang Kanyang kasiyahan o anumang damdaming maaaring mayroon Siya. Sa puso ng mga tao ang Diyos ay hindi magagawang maging masaya, hindi makaluluha, hindi makatatangis—hindi Niya magagawang magpahayag ng anumang emosyon. Sa pamamagitan ng ipinagbigay-alam na natin sa loob ng dalawang pagbabahaging ito, naniniwala Ako na hindi na ninyo titingnan ang Diyos sa ganitong paraan, bagkus ay hahayaan ang Diyos na magkaroon ng kaunting kalayaan at kaginhawahan. Napakainam na bagay ito. Sa hinaharap kung magagawa ninyong tunay na maramdaman ang kalungkutan ng Diyos kapag narinig ninyong malungkot Siya, at nagagawa ninyong tunay na maramdaman ang Kanyang kasiyahan kapag narinig ninyong masaya Siya, kung gayon kahit papaano ay magagawa

^a Ang “orasyon sa paghihigpit ng benda” ay isang orasyon na ginagamit ng mongheng si Tang Sanzang sa nobelang Chinese na *Journey to the West*. Ginagamit niya ang orasyong ito para pigilan si Sun Wukong sa pamamagitan ng paghihigpit ng isang bendang bakal sa palibot ng ulo ng huli, na nagbibigay rito ng matitinding sakit ng ulo kaya nakokontrol niya ito. Naging isang metapora ito para ilarawan ang isang bagay na gumagapos sa isang tao.

ninyong malaman at maunawaan nang malinaw kung ano ang nakapagpapasaya sa Diyos at kung ano ang nakapagpapalungkot sa Kanya. Kapag nalulungkot ka dahil malungkot ang Diyos, at sumasaya dahil masaya ang Diyos, makakamit na Niya nang lubos ang iyong puso at wala nang magiging anumang hadlang sa pagitan mo at sa Kanya. Hindi mo na susubukang limitahan ang Diyos sa mga guni-guni, mga kuru-kuro, at kaalaman ng tao. Sa panahong iyon, ang Diyos ay magiging buhay at masigla sa iyong puso. Siya ang magiging Diyos ng iyong buhay at ang Panginoon ng lahat ng tungkol sa iyo. Mayroon ba kayong ganitong uri ng paghahangad? Nagtitiwala ka ba na matatamo mo ito?

Pagkatapos, basahin natin ang sumusunod na mga talata mula sa mga kasulatan:

6. Ang Sermon sa Bundok

Ang mga Pinagpala (Mateo 5:3–12)

Asin at ang Ilaw (Mateo 5:13–16)

Kautusan (Mateo 5:17–20)

Galit (Mateo 5:21–26)

Pangangalunya (Mateo 5:27–30)

Diborsiyo (Mateo 5:31–32)

Mga Pangako (Mateo 5:33–37)

Mata sa Mata (Mateo 5:38–42)

Mahalin Mo ang Iyong mga Kaaway (Mateo 5:43–48)

Ang Tagubilin Tungkol sa Pag-aabuloy (Mateo 6:1–4)

Panalangin (Mateo 6:5–8)

7. Ang mga Talinghaga ng Panginoong Jesus

Ang Talinghaga Ukol sa Manghahasik (Mateo 13:1–9)

Ang Talinghaga Ukol sa mga Mapanirang Damo (Mateo 13:24–30)

Ang Talinghaga Ukol sa Binhi ng Mustasa (Mateo 13:31–32)

Ang Talinghaga Ukol sa Lebadura (Mateo 13:33)

Ipinaliwanag ang Talinghaga Ukol sa mga Mapanirang Damo (Mateo 13:36–43)

Ang Talinghaga Ukol sa Kayamanan (Mateo 13:44)

Ang Talinghaga Ukol sa Perlas (Mateo 13:45–46)

Ang Talinghaga Ukol sa Lambat (Mateo 13:47–50)

8. Ang mga Utos

Mateo 22:37–39 At sinabi sa kanya, “Dapat ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, at nang buong kaluluwa mo, at nang buong pag-iisip mo. Ito ang dakila at pang-unang utos. At ang pangalawang katulad ay ito, dapat ibigin mo ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili.”

Tingnan muna natin ang bawat isa sa iba’t ibang bahagi ng “Ang Sermon sa

Bundok.” Ano ang tinatalakay ng lahat ng magkakaibang bahaging ito? Masasabi, nang may katiyakan, na ang mga nilalaman ng iba’t ibang bahaging ito ay lahat mas mataas, mas kongkreto, at mas malapit sa mga buhay ng mga tao kaysa sa mga alituntunin ng Kapanahunan ng Kautusan. Kung sasabihin sa makabagong mga pananalita, mas nauugnay ang mga bagay na ito sa aktuwal na pagsasagawa ng mga tao.

Basahin natin ang sumusunod na partikular na nilalaman: Paano mo dapat unawain ang mga pinagpala? Ano ang dapat mong malaman tungkol sa kautusan? Paano dapat bigyang-kahulugan ang galit? Paano dapat pakitunguhan ang mga mapangalunya? Paano dapat na pag-usapan ang diborsiyo, at anong uri ng mga patakaran mayroon tungkol dito? Sino ang makapagdidiborsiyo at sino ang hindi makapagdidiborsiyo? Paano naman ang mga panata, mata sa mata, pag-ibig sa mga kaaway, at pagiging mapagkawanggawa? At iba pa. Nauugnay ang lahat ng bagay na ito sa bawat aspeto ng pagsasagawa sa paniniwala ng sangkatauhan sa Diyos, at ng kanilang pagsunod sa Diyos. Naaangkop pa rin ngayon ang ilan sa mga pagsasagawang ito, bagaman mas mababaw ang mga ito kaysa sa kasalukuyang mga hinihingi sa mga tao—ang mga ito ay bahagyang panimulang mga katotohanan na nakahaharap ng mga tao sa kanilang paniniwala sa Diyos. Mula sa panahon na nagsimulang gumawa ang Panginoong Jesus, nagsisimula na Siyang isakatuparan ang gawain sa disposisyon sa buhay ng mga tao, subalit ang mga aspetong ito ng Kanyang gawain ay batay sa saligan ng mga kautusan. May anumang kinalaman ba sa katotohanan ang mga patakaran at mga paraan ng pagsasalita tungkol sa mga paksang ito? Siyempre mayroon! Ang lahat ng nakaraang mga alituntunin at mga prinsipyo, gayundin ang mga sermong ito sa Kapanahunan ng Biyaya, ay nauugnay sa disposisyon ng Diyos at sa kung ano ang mayroon at kung ano Siya, at siyempre pa, sa katotohanan. Anuman ang ipinahahayag ng Diyos, at anumang pamamaraan ng pagpapahayag o wika ang ginagamit Niya, ang mga bagay na Kanyang ipinahahayag ay lahat may saligan, pinagmulan, at pasimulang nakabatay sa mga prinsipyo ng Kanyang disposisyon at ng kung ano ang mayroon at kung ano Siya. Ito ay ganap na totoo. Kaya kahit tila medyo mababaw ngayon ang mga bagay na ito na Kanyang sinabi, hindi pa rin masasabi na hindi sila ang katotohanan, sapagkat ang mga ito ay mga bagay na hindi maaaring mawala sa mga tao sa Kapanahunan ng Biyaya upang mapalugod ang kalooban ng Diyos at upang matamo ang isang pagbabago sa kanilang disposisyon sa buhay. Masasabi mo ba na ang alinman sa mga sermong ito ay hindi nakaayon sa katotohanan? Hindi, hindi mo masasabi! Ang bawat isa sa mga ito ay ang katotohanan sapagkat ang lahat ng ito ay mga hinihingi ng Diyos para sa sangkatauhan; ang lahat ng ito ay mga prinsipyo at isang saklaw na ibinigay ng Diyos, ipinapakita kung paano dapat gumawi ang isang tao, at kinakatawan ng mga ito ang disposisyon ng Diyos. Gayunpaman, batay sa antas ng kanilang paglago sa buhay sa panahong iyon, ang mga ito lang ang tanging nagawa nilang tanggapin at maintindihan. Sapagkat hindi pa nalulutas ang kasalanan ng sangkatauhan, ang mga ito ang tanging mga salita na maipalalabas ng Panginoong Jesus, at magagamit lang Niya ang simpleng

mga aral na napapaloob sa ganitong uri ng saklaw upang ilahad sa mga tao sa panahong iyon kung paano sila dapat kumilos, ano ang dapat nilang gawin, sa loob ng anong mga prinsipyo at saklaw nila dapat gawin ang mga bagay, at kung paano sila dapat maniwala sa Diyos at matugunan ang Kanyang mga hinihingi. Natukoy ang lahat ng ito batay sa tayog ng sangkatauhan sa panahong iyon. Hindi madali para sa mga taong nabubuhay sa ilalim ng kautusan na tanggapin ang mga aral na ito, kaya kung ano ang itinuro ng Panginoong Jesus ay kinailangang manatili sa loob ng saklaw na ito.

Pagkatapos, tingnan natin ang iba't ibang nilalaman ng “Ang mga Talinghaga ng Panginoong Jesus.”

Ang una ay ang talinghaga ukol sa manghahasik. Isa itong tunay na kawili-wiling talinghaga; ang paghahasik ng mga binhi ay isang karaniwang pangyayari sa mga buhay ng mga tao. Ang ikalawa ay ang talinghaga ukol sa mga panirang damo. Sinumang nakapagtanim na ng mga pananim, at tiyak na ang lahat ng matatanda, ay makaaalam kung ano ang “mga panirang damo”. Ang ikatlo ay ang talinghaga ukol sa binhi ng mustasa. Alam ninyong lahat kung ano ang mustasa, hindi ba? Kung hindi ninyo alam, maaari ninyong tingnan sa Bibliya. Ang ikaapat ay ang talinghaga ukol sa lebadura. Ngayon, alam ng karamihan sa mga tao na ginagamit ang lebadura para sa pagbuburo, at iyon ay isang bagay na ginagamit ng mga tao sa kanilang pang-araw-araw na mga buhay. Ang susunod pang mga talinghaga, kabilang na ang ikaanim, ang talinghaga ukol sa kayamanan; ang ikapito, ang talinghaga ukol sa perlas; at ang ikawalo, ang talinghaga ukol sa lambat, ay lahat hinango at nagmula sa tunay na mga buhay ng mga tao. Anong uri ng larawan ang ipinipinta ng mga talinghagang ito? Isa itong larawan ng Diyos na nagiging isang normal na tao at namumuhay kasama ng sangkatauhan, ginagamit ang wika ng buhay, wikang pantao, upang makipag-ugnayan sa mga tao at upang ibigay sa kanila kung ano ang kanilang kailangan. Nang nagkatawang-tao ang Diyos at namuhay kasama ng sangkatauhan sa mahabang panahon, matapos Niyang maranasan at masaksihan ang iba't ibang paraan ng pamumuhay ng mga tao, ang mga karanasang ito ang naging kagamitan Niya sa pagtuturo na sa pamamagitan nito ay binago Niya ang Kanyang wikang pang-Diyos tungo sa wikang pantao. Mangyari pa, ang mga bagay na ito na nakita at narinig Niya sa buhay ay nagpayaman din sa karanasang pantao ng Anak ng tao. Kapag nais Niya noon na maunawaan ng mga tao ang ilang katotohanan, na maunawaan ang ilan sa kalooban ng Diyos, magagamit Niya ang mga talinghagang gaya ng mga nasa itaas upang sabihin sa mga tao ang tungkol sa kalooban ng Diyos at sa mga hinihingi Niya sa sangkatauhan. May kaugnayang lahat ang mga talinghagang ito sa mga buhay ng mga tao; wala ni isa man ang walang kaugnayan sa mga buhay ng tao. Nang namuhay ang Panginoong Jesus kasama ng sangkatauhan, nakita Niya ang mga magsasaka na inaalagaan ang kanilang mga bukirin, at nalaman Niya kung ano ang mga panirang damo at kung ano ang pagpapaalsa; naunawaan Niya na ibig ng mga tao ang kayamanan, kaya ginamit Niya pareho ang mga metapora ng kayamanan at ng perlas. Sa buhay, malimit Niyang makita ang mga mangingisda na naghahagis ng

kanilang mga lambat; nakita ito ng Panginoong Jesus at ang iba pang mga aktibidad na nauugnay sa buhay ng tao, at naranasan din Niya ang gayong uri ng buhay. Gaya ng bawat iba pang normal na tao, naranasan Niya ang pang-araw-araw na mga gawaing pantao at ang kanilang pagkain nang tatlong beses sa isang araw. Personal Niyang naranasan ang buhay ng isang karaniwang tao, at namasdan ang mga buhay ng iba. Nang namasdan at personal Niyang naranasan ang lahat ng ito, ang inisip Niya ay hindi kung paano magkaroon ng magandang buhay o kung paano Siya makapamumuhay nang mas malaya at mas maginhawa. Sa halip, mula sa Kanyang mga karanasan ng tunay na buhay ng tao, nakita ng Panginoong Jesus ang paghihirap sa mga buhay ng mga tao. Nakita Niya ang paghihirap, ang kaabahan, at ang kalungkutan ng mga taong namumuhay sa ilalim ng sakop ni Satanas, at namumuhay sa kasalanan sa ilalim ng katiwalian ni Satanas. Habang personal Niyang nararanasan ang buhay ng tao, naranasan din Niya kung gaano kahina ang mga taong namumuhay sa gitna ng katiwalian, at nakita at naranasan Niya ang miserableng mga kalagayan ng mga taong namuhay sa kasalanan, na nangaligaw sa gitna ng pagpapahirap na kung saan sila ay ipinasailalim ni Satanas at ng kasamaan. Nang nakita ng Panginoong Jesus ang mga bagay na ito, nakita ba Niya ang mga ito gamit ang Kanyang pagka-Diyos o ang Kanyang pagkatao? Tunay na umiral ang Kanyang pagkatao at buhay na buhay; mararanasan at makikita Niya ang lahat ng ito. Subalit mangyari pa, nakita rin Niya ang mga bagay na ito sa Kanyang diwa, na siyang pagka-Diyos Niya. Ibig sabihin, si Cristo Mismo, ang Panginoong Jesus na tao noon, ay nakita ito, at ang lahat ng nakita Niya ay nakapagpadama sa Kanya ng kahalagahan at pangangailangan sa gawain na isinabalikat Niya sa panahong ito na namuhay Siya sa katawang-tao. Bagaman alam Niya Mismo na ang pananagutan na kailangan Niyang isabalikat sa katawang-tao ay napakalaki, at alam Niya kung gaano magiging malupit ang kirot na haharapin Niya, nang nakita Niya na ang sangkatauhan ay mahina sa kasalanan, nang nakita Niya ang kaabahan ng kanilang mga buhay at ang kanilang mahihinang pagpupunyagi sa ilalim ng kautusan, mas lalo pa Siyang nagdalamhati, at mas lalo pang nabalisa na mailigtas ang sangkatauhan mula sa kasalanan. Anumang uri ng mga paghihirap ang Kanyang haharapin o anumang uri ng kirot ang Kanyang daranasin, mas lalo pa Siyang naging determinado na tubusin ang sangkatauhan, na namumuhay sa kasalanan. Sa panahon ng prosesong ito, masasabing nagsimulang maunawaan ng Panginoong Jesus nang mas lalo pang malinaw ang gawain na kinailangan Niyang gawin at na siyang ipinagkatiwala sa Kanya. Mas lalo rin Siyang naging sabik na tapusin ang gawain na Kanyang isasabalikat—na akuin ang lahat ng kasalanan ng sangkatauhan, na magbayad-sala para sa sangkatauhan upang hindi na sila mamuhay sa kasalanan, at kasabay nito, mapapatawad ng Diyos ang mga kasalanan ng tao dahil sa handog para sa kasalanan, nagpapahintulot sa Kanya na patuloy na isulong ang Kanyang gawain ng pagliligtas sa sangkatauhan. Masasabi na sa puso ng Panginoong Jesus, nakahanda Siya na ialay ang Kanyang sarili para sa sangkatauhan, na isakripisyo ang Kanyang sarili. Nakahanda rin Siya na magsilbi bilang

handog para sa kasalanan, na mapako sa krus, at tunay na sabik Siyang matapos ang gawaing ito. Nang nakita Niya ang miserableng mga kalagayan ng buhay ng tao, mas lalo pa Niyang ninais na matupad ang Kanyang misyon sa lalong madaling panahon, nang walang pagkaantala kahit isang minuto o maging isang segundo. Habang nadarama ang gayong pagkaapurahan, hindi na Niya inisip kung gaano magiging matindi ang Kanyang sariling kirot, ni nagkimkim man ng anumang karagdagang pangamba tungkol sa kung gaano kalaking kahihiyan ang kakailanganin Niyang tiisin. Pinanghawakan Niya lang ang isang pananalig sa Kanyang puso: Hangga't ialay Niya ang Kanyang sarili, hangga't ipako Siya sa krus bilang isang handog para sa kasalanan, ang kalooban ng Diyos ay maisasakatuparan at magagawa ng Diyos na makapagpasimula ng panibagong gawain. Ang buhay ng sangkatauhan at ang kanilang kalagayan ng pag-iral sa kasalanan ay ganap na mababago. Ang Kanyang pananalig at kung ano ang pinagpasyahan Niyang gawin ay may kaugnayan sa pagliligtas sa tao, at mayroon lang Siyang isang layon, na gawin ang kalooban ng Diyos nang sa gayon ay matagumpay na maumpisahan ng Diyos ang susunod na yugto ng Kanyang gawain. Ito ang kung ano ang nasa isip ng Panginoong Jesus sa panahong iyon.

Habang namumuhay sa katawang-tao, nagtaglay ng normal na pagkatao ang Diyos na nagkatawang-tao; taglay Niya ang mga emosyon at ang pagkamakatwiran ng isang normal na tao. Alam Niya kung ano ang kasiyahan, kung ano ang kirot, at nang nakita Niya ang sangkatauhan na namumuhay nang ganito, lubos Niyang nadama na ang pagbibigay lang sa mga tao ng ilang aral, ang pagtutustos sa kanila ng kung ano o ang pagtuturo sa kanila ng kung ano, ay hindi sasapat upang maakay silang palabas mula sa kasalanan. Ni ang mapasunod lang sila sa mga utos ay makatutubos sa kanila mula sa kasalanan—matatamo lang Niya bilang kapalit ang kalayaan ng sangkatauhan at ang kapatawaran ng Diyos para sa sangkatauhan kapag inako Niya ang kasalanan ng sangkatauhan at naging kawangis ng makasalanang laman. Kaya pagkatapos maranasan at masaksihan ng Panginoong Jesus ang mga buhay ng mga tao sa kasalanan, isang matinding pagnanais ang nahayag sa Kanyang puso—na tulutan ang mga tao na palayain ang kanilang mga sarili mula sa kanilang mga buhay ng pakikibaka sa kasalanan. Ang pagnanais na ito ang mas lalong nagpadama sa Kanya na dapat Siyang mapunta sa krus at akuin ang mga kasalanan ng sangkatauhan kaagad-agad at sa lalong madaling panahon. Ito ang mga kaisipan ng Panginoong Jesus sa panahong iyon, matapos Siyang mamuhay kasama ng mga tao at makita, marinig, at maramdaman ang paghihirap ng kanilang mga buhay sa kasalanan. Na makapagtataglay ang Diyos na nagkatawang-tao ng ganitong uri ng kalooban para sa sangkatauhan, na maipahahayag at maibubunyag Niya ang ganitong uri ng disposisyon—ito ba ay isang bagay na magagawang taglayin ng isang karaniwang tao? Ano ang makikita ng isang karaniwang tao, na namumuhay sa ganitong uri ng kapaligiran? Ano ang kanyang iisipin? Kung makaharap ng isang karaniwang tao ang lahat ng ito, titingnan ba niya ang mga suliranin mula sa isang mataas na pananaw? Siguradong hindi! Bagaman ang

panlabas na kaanyuan ng Diyos na nagkatawang-tao ay parehong-pareho ng sa tao, at bagaman natututuhan Niya ang kaalamang pantao at nagsasalita ng wikang pantao, at minsan pa nga ay ipinapahayag Niya ang Kanyang mga ideya sa pamamagitan ng sariling mga pamamaraan o mga paraan ng pagsasalita ng sangkatauhan, gayunpaman, ang paraan kung paano Niya nakikita ang mga tao at ang diwa ng mga bagay-bagay ay lubos na hindi katulad ng kung paano nakikita ng mga tiwaling tao ang sangkatauhan at ang diwa ng mga bagay-bagay. Ang Kanyang pananaw at ang taas kung saan Siya nakatindig ay isang bagay na di-matatamo para sa isang tiwaling tao. Sapagkat ang Diyos ay katotohanan, sapagkat ang katawang-tao na suot Niya ay nagtataglay rin ng diwa ng Diyos, at ang Kanyang mga kaisipan at yaong ipinapahayag ng Kanyang pagkatao ay katotohanan din. Para sa mga tiwaling tao, ang Kanyang ipinapahayag sa katawang-tao ay mga pagtustos ng katotohanan, at ng buhay. Hindi lamang para sa isang tao ang mga pagtustos na ito, kundi para sa buong sangkatauhan. Sa puso ng sinumang tiwaling tao, mayroon lang mangilan-ngilang tao na nauugnay sa kanila. Iniingatan at pinagmamalasaktan lang nila ang iilang taong ito. Kapag abot-tanaw ang sakuna, una nilang iniisip ang sarili nilang mga anak, asawa, o mga magulang. Sa pinakamarami, ang isang mas mahabaging tao ay bahagyang mag-iisip para sa ilang kamag-anak o mabuting kaibigan, subalit ang mga kaisipan ba ng maging gayong kamahabaging tao ay umaabot nang higit pa kaysa roon? Hindi, hindi kailanman! Sapagkat ang mga tao, matapos ang lahat, ay mga tao, at matitingnan lang nila ang lahat mula sa taas at pananaw ng isang tao. Gayunpaman, lubos na naiiba sa isang taong tiwali ang Diyos na nagkatawang-tao. Kahit gaano man kaordinaryo, gaano man kanormal, gaano man kababa ang katawang-tao ng Diyos na nagkatawang-tao, o kahit gaano man Siya hinahamak ng mga tao, ang Kanyang mga kaisipan at ang Kanyang saloobin tungo sa sangkatauhan ay mga bagay na hindi kayang taglayin ng sinumang tao, na walang sinumang tao ang makagagaya. Palagi Niyang pagmamasdan ang sangkatauhan mula sa pananaw ng pagka-Diyos, mula sa taas ng Kanyang posisyon bilang ang Lumikha. Palagi Niyang makikita ang sangkatauhan sa pamamagitan ng diwa at ng pag-iisip ng Diyos. Tiyak na hindi Niya makikita ang sangkatauhan mula sa baba ng isang karaniwang tao, o mula sa pananaw ng isang taong tiwali. Kapag tinitingnan ng mga tao ang sangkatauhan, ginagawa nila iyon gamit ang panininging pantao, at ginagamit nila ang mga bagay-bagay na gaya ng kaalamang pantao at mga patakaran at mga teoryang pantao bilang panukat. Nasa loob ito ng saklaw ng kung ano ang makikita ng mga tao gamit ang kanilang mga mata at ng saklaw na makakamtan ng mga taong tiwali. Kapag tinitingnan ng Diyos ang sangkatauhan, tumitingin Siya gamit ang panininging pang-Diyos, at ginagamit Niya ang Kanyang diwa at kung ano ang mayroon at kung ano Siya bilang panukat. Kasama sa saklaw na ito ang mga bagay na hindi nakikita ng mga tao, at dito ganap na nagkakaiba ang Diyos na nagkatawang-tao at ang mga taong tiwali. Natutukoy ang pagkakaibang ito sa pamamagitan ng magkaibang mga diwa ng mga tao at ng Diyos—ang magkaibang mga diwang ito ang tumutukoy sa

kanilang mga pagkakakilanlan at mga posisyon gayundin ang pananaw at ang taas mula sa kung saan nila nakikita ang mga bagay-bagay. Nakikita ba ninyo ang pagpapahayag at pagbubunyag ng Diyos Mismo sa Panginoong Jesus? Masasabi na kung ano ang ginawa at sinabi ng Panginoong Jesus ay may kinalaman sa Kanyang ministeryo at sa sariling gawain ng pamamahala ng Diyos, na ang lahat ng ito ay pagpapahayag at pagbubunyag ng diwa ng Diyos. Bagaman nagkaroon Siya ng pantaong pagpapamalas, hindi maitatangi ang Kanyang diwang pang-Diyos at ang pagbubunyag ng Kanyang pagka-Diyos. Ang pantaong pagpapamalas ba na ito ay talagang pagpapamalas ng pagkatao? Ang Kanyang pantaong pagpapamalas, sa pinakadiwa nito, ay lubos na naiiba sa pantaong pagpapamalas ng mga taong tiwali. Ang Panginoong Jesus ay Diyos na nagkatawang-tao. Kung talagang naging isa Siya sa karaniwan, tiwaling mga tao, makikita kaya Niya ang buhay ng sangkatauhan sa kasalanan mula sa pang-Diyos na pananaw? Siguradong hindi! Ito ang pagkakaiba sa pagitan ng Anak ng tao at ng karaniwang mga tao. Namumuhay sa kasalanan ang lahat ng taong tiwali, at kapag nakakikita ng kasalanan ang sinuman, wala silang anumang partikular na damdamin ukol dito; pare-pareho silang lahat, gaya ng isang baboy na naninirahan sa putik na ni hindi man lang nakadarama ng pagkaasiwa o ng karumihan—sa kabaligtaran, nakakakain ito nang mabuti at nakatutulog nang mahimbing. Kung linisin ng sinuman ang kulungan ng baboy, talagang maasiwa ang baboy, at hindi ito mananatiling malinis. Hindi magtatagal, muli itong magpapagulong-gulong sa putik, na lubos na komportable, sapagkat isang maruming nilalang ito. Nakikita ng mga tao ang mga baboy bilang marumi, ngunit kung linisin mo ang mga tirahan ng baboy, hindi gumiginhawa ang pakiramdam nito—kaya walang nag-aalaga ng baboy sa kanilang bahay. Ang pagtingin ng mga tao sa mga baboy ay palaging magiging naiiba sa kung ano ang nararamdaman ng mga baboy mismo, sapagkat hindi magkauri ang mga tao at ang mga baboy. At dahil hindi kauri ng mga taong tiwali ang nagkatawang-taong Anak ng tao, tanging ang Diyos na nagkatawang-tao ang makatatayo sa isang pang-Diyos na pananaw, sa taas ng Diyos, na kung saan ay nakikita Niya ang sangkatauhan at ang lahat ng bagay.

Ano naman kaya ang tungkol sa pagdurusang na nararanasan ng Diyos nang nagkatawang-tao Siya at namumuhay kasama ng sangkatauhan? Ano ang pagdurusang ito? Nauunawaan ba talaga ng sinuman? Sinasabi ng ilang tao na ang Diyos ay nagdurusang nang husto, na bagaman Siya ang Diyos Mismo, hindi nauunawaan ng mga tao ang Kanyang diwa, bagkus ay waring palagi Siyang itinuturing na gaya ng isang tao, na nagpapadama sa Kanya na naagrabyado at nagawan ng mali—sinasabi nila na, sa mga kadahilanang ito, talagang matindi ang pagdurusang ng Diyos. Ang ibang mga tao naman ay nagsasabi na ang Diyos ay inosente at walang sala, subalit nagdurusang Siyang gaya ng sangkatauhan, na dumaranas Siya ng pag-uusig, paninirang-puri, at mga pang-iinsulto sa piling ng sangkatauhan; sinasabi nilang tinitiiis din Niya ang maling mga pagkaunawa at ang pagsuway ng Kanyang mga tagasunod—kaya, sinasabi nila na talagang hindi masusukat ang pagdurusang ng Diyos. Ngayon, tila ba hindi ninyo

talaga nauunawaan ang Diyos. Sa katunayan, ang pagdurusang ito na inyong sinasabi ay hindi ibinibilang na tunay na pagdurusang para sa Diyos, sapagkat may mas malaking pagdurusang kaysa rito. Kung gayon ay ano ang tunay na pagdurusang para sa Diyos Mismo? Ano ang tunay na pagdurusang para sa katawang-tao ng Diyos na nagkatawang-tao? Para sa Diyos, hindi ibinibilang na pagdurusang ang hindi pagkaunawa sa Kanya ng sangkatauhan, at hindi rin ibinibilang na pagdurusang ang pagkakaroon ng mga tao ng ilang maling pagkaunawa sa Diyos at ang hindi pagtingin sa Kanya bilang Diyos. Gayunpaman, madalas na nadarama ng mga tao na ang Diyos ay tiyak na dumanas ng napakalaking kawalang-katarungan, na sa panahong nasa katawang-tao ang Diyos, hindi Niya maipakikita ang Kanyang persona sa sangkatauhan at tulutan ang mga tao na makita ang Kanyang kadakilaan, at na ang Diyos ay buong kababaang-loob na nagtatago sa isang walang halagang laman, at na tiyak na napakatinding pagpapahirap ito para sa Kanya. Isinasapuso ng mga tao kung ano ang nauunawaan nila at kung ano ang nakikita nila sa pagdurusang ng Diyos, at nagpapakita ng lahat ng uri ng simpatya sa Diyos at madalas mag-aalay pa nga ng kaunting papuri para sa Kanyang pagdurusang. Sa realidad, mayroong pagkakaiba; mayroong agwat sa pagitan ng kung ano ang nauunawaan ng mga tao sa pagdurusang ng Diyos at ng kung ano ang Kanyang tunay na nararamdaman. Sinasabi Ko sa inyo ang katotohanan—para sa Diyos, maging ito man ang Espiritu ng Diyos o ang katawang-tao ng Diyos na nagkatawang-tao, hindi tunay na pagdurusang ang pagdurusang isinalarawan sa itaas. Kung gayon ay ano ba ang tunay na dinaranas ng Diyos? Pag-usapan natin ang tungkol sa pagdurusang ng Diyos mula lamang sa pananaw ng Diyos na nagkatawang-tao.

Nang nagkatawang-tao ang Diyos, nagiging isang karaniwan, normal na tao, namumuhay kapiling ng mga taong kabilang sa sangkatauhan, hindi ba Niya makikita at nararamdaman ang mga pamamaraan, mga kautusan, at mga pilosopiya ng mga tao para mabuhay? Ano ang ipinadarama sa Kanya ng mga pamamaraan at mga kautusang ito para mabuhay? Nakadarama ba Siya ng pagkasuklam sa Kanyang puso? Bakit Siya masusuklam? Anu-ano ba ang mga pamamaraan at mga kautusan ng sangkatauhan para mabuhay? Sa anong mga prinsipyo ba ang mga ito nag-uugat? Ano ang batayan ng mga ito? Ang mga pamamaraan, mga kautusan, at ang iba pa ng sangkatauhan na yamang nauugnay sa paraan para mabuhay—ang lahat ng ito ay nilikha batay sa lohika, kaalaman, at pilosopiya ni Satanas. Ang mga taong nabubuhay sa ilalim ng ganitong uri ng mga kautusan ay walang pagkatao, walang katotohanan—sinasalungat nilang lahat ang katotohanan at mga laban sa Diyos. Kung titingnan natin ang diwa ng Diyos, makikita natin na ang Kanyang diwa ay ang eksaktong kabaligtaran ng lohika, kaalaman, at pilosopiya ni Satanas. Ang Kanyang diwa ay puno ng pagiging matuwid, katotohanan, at kabanalan, at iba pang mga realidad ng lahat ng positibong bagay. Ano ang nararamdaman ng Diyos, na taglay ang diwang ito at namumuhay kasama ng gayong sangkatauhan? Ano ang nararamdaman Niya sa Kanyang puso? Hindi ba ito puno ng kirot? Nasasaktan ang Kanyang puso, isang kirot na walang sinumang tao ang

makauunawa o makararanas. Sapagkat ang lahat ng Kanyang kinakaharap, nasasagupa, naririnig, nakikita, at nararanasan ay lahat katiwalian, kasamaan ng sangkatauhan, at ang kanilang pagsuway at paglaban sa katotohanan. Ang lahat ng nanggagaling sa mga tao ay ang pinagmumulan ng Kanyang pagdurusa. Ibig sabihin, sapagkat ang Kanyang diwa ay hindi katulad ng mga taong tiwali, ang katiwalian ng mga tao ang nagiging sanhi ng Kanyang pinakamalaking pagdurusa. Nang nagiging tao ang Diyos, nagagawa ba Niyang makahanap ng isang tao na may wikang tulad ng sa Kanya? Hindi masusumpungan ang gayong tao sa sangkatauhan. Walang masusumpungan na kayang makipagtalastasan o kayang magkaroon ng ganitong pakikipagpalitan sa Diyos—anong uri ng damdamin ang masasabi mong mayroon ang Diyos ukol dito? Ang mga bagay-bagay na tinatalakay ng mga tao, iniibig, hinahangad at inaasam-asam ay lahat may kinalaman sa kasalanan at masasamang hilig. Kapag kinakaharap ng Diyos ang lahat ng ito, hindi ba ito parang isang patalim sa Kanyang puso? Yamang nahaharap sa ganitong mga bagay, magagawa ba Niyang magkaroon ng kagalakan sa Kanyang puso? Makasusumpung ba Siya ng kaaliwan? Yaong namumuhay kasama Niya ay mga taong puno ng pagiging-mapanghimagsik at kasamaan—paanong hindi magdurusa ang Kanyang puso? Gaano ba talaga kalaki ang pagdurusang ito, at sino ang may pakialam dito? Sino ang nagbibigay-pansin? At sino ang makapagpapahalaga rito? Walang paraan upang maunawaan ng mga tao ang puso ng Diyos. Ang Kanyang pagdurusa ay isang bagay na partikular na hindi magagawang pahalagahan ng mga tao, at ang pagiging-malamig at manhid ng sangkatauhan ang lalo pang nagpapasidhi ng pagdurusa ng Diyos.

Mayroong ilang tao na madalas nakikisimpatya sa kalagayan ni Cristo sapagkat may isang talata sa Bibliya na nagsasabing: “May mga lungga ang mga sora, at may mga pugad ang mga ibon; datapuwat ang Anak ng tao ay walang mapaghimlayan ng Kanyang ulo.” Kapag naririnig ito ng mga tao, isinasapuso nila ito at naniniwala na ito ang pinakamalaking pagdurusa na tinitii ng Diyos, at ang pinakamalaking pagdurusa na tinitii ni Cristo. Ngayon, kung titingnan ito mula sa pananaw ng mga katunayan, ganoon nga ba? Hindi; hindi naniniwala ang Diyos na ang mga paghihirap na ito ay pagdurusa. Hindi Siya kailanman nagsumigaw laban sa kawalang-katarungan dahil sa Kanyang mga paghihirap sa katawang-tao, at hindi Niya kailanman hiningi sa mga tao na magbayad o gantimpalaan Siya ng anumang bagay. Gayunpaman, nang Kanyang nasasaksihan ang lahat ng tungkol sa sangkatauhan at ang tiwaling mga buhay at ang kasamaan ng mga taong tiwali, nang Kanyang nasasaksihan na ang sangkatauhan ay nasa hawak ni Satanas at ibinilanggo ni Satanas at hindi makatatakas, na ang mga taong namumuhay sa kasalanan ay hindi nalalaman kung ano ang katotohanan, hindi Niya kayang kunsintihin ang lahat ng kasalanang ito. Ang Kanyang pagkasuklam sa mga tao ay nadaragdagan araw-araw, ngunit kailangan Niyang tiisin ang lahat ng ito. Ito ang matinding pagdurusa ng Diyos. Hindi lubusang maipahahayag ng Diyos kahit na ang tinig ng Kanyang puso o ang Kanyang mga emosyon sa Kanyang mga tagasunod, at walang sinuman sa Kanyang mga tagasunod ang tunay na nakakaunawa sa Kanyang

pagdurusa. Walang sinuman ang nagtatangka man lamang na unawain o aliwin ang Kanyang puso, na tinitii ang pagdurusang ito araw-araw, taun-taon, at nang paulit-ulit. Ano ang inyong nakikita sa lahat ng ito? Hindi humihingi ang Diyos sa mga tao ng anumang kapalit para sa kung ano ang Kanyang naibigay na, ngunit dahil sa diwa ng Diyos, tiyak na hindi Niya magagawang kunsintihin ang kasamaan, katiwalian, at kasalanan ng sangkatauhan, bagkus ay nakararamdam ng ibayong pagkasuklam at pagkamuhi, na nagdudulot sa puso ng Diyos at sa Kanyang katawang-tao ng pagtitiis sa walang katapusang pagdurusa. Nakita na ba ninyo ito? Malamang, walang nakakikita sa inyo nito, sapagkat walang sinuman sa inyo ang tunay na nakauunawa sa Diyos. Sa paglipas ng panahon, dapat na unti-unting maranasan ninyo mismo ito.

Pagkatapos, tingnan natin ang sumusunod na mga talata mula sa kasulatan:

9. Gumawa si Jesus ng mga Himala

a. Pinakain ni Jesus ang Limang Libo

Juan 6:8–13 Sinabi sa Kanya ng isa sa Kanyang mga alagad, si Andres, na kapatid ni Simon Pedro, “May isang batang lalaki rito, na mayroong limang tinapay na sebada, at dalawang isda: datapuwat gaano na ang mga ito sa ganyang karamihan?” Sinabi ni Jesus, “Inyong paupuin ang mga tao.” Madamo nga sa dakong yaon. Kaya’t nagsiupo ang mga lalaki, na may limang libo ang bilang. Kinuha nga ni Jesus ang mga tinapay; at nang makapagpasalamat, ipinamahagi Niya sa mga disipulo, at ipinamahagi ng mga disipulo sa kanilang nangakaupo; at gayon din naman binigyan sila ng mga isda kung gaanong ibigin nila. At nang sila’y mangabusog, ay sinabi Niya sa Kanyang mga disipulo, “Pulutin ninyo ang mga pinagputol-putol na lumabis, upang walang anumang masayang.” Kaya’t kanilang tinipon, at nangapuno ang labindalawang bakol ng mga pinagputol-putol sa limang tinapay na sebada, na lumabis sa nagsikain.

b. Nakaluwalhati sa Diyos ang Muling Pagkabuhay ni Lazaro

Juan 11:43–44 At nang masabi Niya ang gayon, ay sumigaw Siya nang may malakas na tinig, “Lazaro, lumabas ka.” Siya na patay ay lumabas, na natatalian ang mga kamay at mga paa ng mga kayong panlibing; at ang kanyang mukha ay nababalot ng isang panyo. Sinabi sa kanila ni Jesus, “Siya’y inyong kalagan, at bayaan ninyo siyang yumaon.”

Sa mga himala na ginawa ng Panginoong Jesus, ang dalawa lang na ito ang ating pinili sapagkat sapat na ang mga ito upang ipakita kung ano ang nais Kong sabihin dito. Ang dalawang himalang ito ay talagang kagila-gilalas at lubos na kumakatawan sa mga himalang ginawa ng Panginoong Jesus sa Kapanahunan ng Biyaya.

Una, tingnan natin ang unang sipi: Pinakain ni Jesus ang Limang Libo.

Ano ang ideya ng “limang tinapay at dalawang isda”? Karaniwan, ilang tao ang mapapakain nang sapat ng limang piraso ng tinapay at dalawang isda? Kung susukatin batay sa ganang kumain ng isang karaniwang tao, magiging sapat lang ito para sa dalawang tao. Ito ang pinaka-pangunahing ideya ng “limang tinapay at dalawang isda”. Gayunpaman, sa talatang ito, gaano karaming tao ang napakain sa pamamagitan ng

limang tinapay at dalawang isda? Ang sumusunod ay ang nakatala sa Kasulatan: “Madamo nga sa dakong yaon. Kaya’t nagsiupo ang mga lalaki, na may limang libo ang bilang.” Kumpara sa limang tinapay at dalawang isda, malaking bilang ba ang limang libo? Paano maipapakita na napakalaki ng bilang na ito? Mula sa pantaong pananaw, magiging imposible ang paghahati-hati ng limang tinapay at dalawang isda sa pagitan ng limang libong tao, sapagkat masyadong napakalaki ng kulang sa pagitan ng mga tao at ng pagkain. Kahit na ang bawat isang tao ay magkaroon lang ng isang maliit na kagat, hindi pa rin ito kakasya sa limang libong tao. Subalit narito, gumawa ng isang milagro ang Panginoong Jesus—hindi lang Niya tiniyak na makakain ang limang libong tao hanggang sa mabusog sila, bagkus ay may sobra pa ngang pagkain. Mababasa sa Kasulatan: “At nang sila’y mangabusog, ay sinabi Niya sa Kanyang mga disipulo, ‘Pulutin ninyo ang mga pinagputol-putol na lumabis, upang walang anumang masayang.’ Kaya’t kanilang tinipon, at nangapuno ang labindalawang bakol ng mga pinagputol-putol sa limang tinapay na sebada, na lumabis sa nagsikain.” Pinangyari ng himalang ito na makita ng mga tao ang pagkakakilanlan at katayuan ng Panginoong Jesus, at na makita na walang imposible para sa Diyos—sa paraang ito, nakita nila ang katotohanan ng walang hanggang kapangyarihan ng Diyos. Naging sapat ang limang tinapay at dalawang isda upang mapakain ang limang libo, ngunit kung sakaling walang anumang pagkain, magagawa kayang pakainin ng Diyos ang limang libong tao? Siyempre ay magagawa Niya! Isang himala ito, kaya hindi maiiwasang nadama ng mga tao na ito ay mahirap intindihin, hindi kapani-paniwala at mahiwaga, ngunit para sa Diyos, wala lang ang paggawa ng gayong bagay. Yamang ito ay isang bagay na ordinaryo para sa Diyos, bakit dapat itong piliin para sa pagpapakahulugan? Sapagkat ang nasa likod ng himalang ito ay ang kalooban ng Panginoong Jesus, na hindi pa kailanman naunawaan ng sangkatauhan.

Una, subukan nating unawain kung anong uri ng mga tao ang limang libong ito. Mga tagasunod ba sila ng Panginoong Jesus? Mula sa Kasulatan, nalalaman natin na sila ay hindi Niya mga tagasunod. Alam ba nila noon kung sino ang Panginoong Jesus? Siguradong hindi! Ano’t anuman, hindi nila alam na si Cristo ang taong nakatayo sa harap nila, o marahil ang ilan sa mga tao ay alam lang kung ano ang Kanyang pangalan at nalaman o narinig ang kung anong tungkol sa mga bagay na Kanyang ginawa. Napukaw lang ang kanilang pagkamausisa tungkol sa Panginoong Jesus nang marinig nila ang mga kuwento tungkol sa Kanya, ngunit tiyak na hindi masasabi na sumusunod sila sa Kanya, lalong hindi masasabi na nauunawaan Siya. Nang makita ng Panginoong Jesus ang limang libong taong ito, sila ay gutom at ang naiisip lang ay ang mabusog sila, dahil sa kontekstong ito kaya tinugunan ng Panginoong Jesus ang kanilang pagnanais. Nang matugunan Niya ang kanilang pagnanais, ano ang nasa Kanyang puso? Ano ang Kanyang saloobin tungo sa mga taong ito na ang ninais lang ay mabusog? Sa panahong ito, ang mga kaisipan ng Panginoong Jesus at ang Kanyang saloobin ay may kaugnayan sa disposisyon at diwa ng Diyos. Yamang nahaharap sa

limang libong taong ito na pawang walang laman ang tiyan na nais lamang makakain ng isang kumpletong pagkain, yamang nahaharap sa mga taong ito na puno ng pagkamausisa at pag-asa ukol sa Kanya, naisip lang ng Panginoong Jesus na gamitin ang himalang ito upang pagkalooban ng biyaya ang mga ito. Gayunpaman, hindi Siya umasa na sila ay magiging Kanyang mga tagasunod, sapagkat alam Niya na nais lamang nilang makisali sa kasayahan at mabusog, kaya ginawa Niya ang pinakamahusay Niyang magagawa sa kung ano ang mayroon Siya roon, at ginamit ang limang piraso ng tinapay at dalawang isda upang mapakain ang limang libong tao. Binuksan Niya ang mga mata ng mga taong ito na nasisiyahang makakita ng kapana-panabik na mga bagay, na nais makasaksi ng mga himala, at nakita nila sa kanilang sariling mga mata ang mga bagay na kayang magawa ng Diyos na nagkatawang-tao. Bagaman gumamit ang Panginoong Jesus ng isang bagay na nahahawakan upang masapatan ang kanilang pagkamausisa, batid na Niya sa Kanyang puso na ang limang libong taong ito ay nais lang makakain ng masarap, kaya hindi Siya nangaral sa kanila o nagsalita man ng kahit ano—hinayaan lang Niya silang makitang nagaganap ang himalang ito. Tiyak na hindi Niya magagawang ituring ang mga taong ito kagaya ng kung paano Niya itinuturing ang Kanyang mga disipulo na totoong sumusunod sa Kanya, ngunit sa puso ng Diyos, nasa ilalim ng Kanyang pamumuno ang lahat ng nilalang, at hahayaan Niya ang lahat ng nilalang sa Kanyang paningin na tamasahin ang biyaya ng Diyos kung kinakailangan ito. Kahit na hindi alam ng mga taong ito kung sino Siya at hindi Siya nauunawaan o mayroong partikular na impresyon ukol sa Kanya o pasasalamat tungo sa Kanya maging pagkatapos nilang kainin ang mga tinapay at isda, hindi ito isang bagay na ginawang usapin ng Diyos—binigyan Niya ang mga taong ito ng kamanghamanghang pagkakataon na matamasa ang biyaya ng Diyos. Sinasabi ng ilang tao na ang Diyos ay may prinsipyo sa kung ano ang Kanyang ginagawa, na hindi Niya binabantayan o pinangangalagaan ang mga hindi mananampalataya, at na, sa partikular, hindi Niya tinutulutang tamasahin nila ang Kanyang biyaya. Ganoon ba talaga? Sa mga mata ng Diyos, hangga't sila ay mga buhay na nilalang na Siya Mismo ang lumikha, pamamahalaan at pagmamalasakitan Niya sila, at sa iba't ibang paraan, pakikitunguhan Niya sila, magpaplano para sa kanila, at pamumunuan sila. Ito ang mga kaisipan at saloobin ng Diyos tungo sa lahat ng bagay.

Bagaman hindi binalak na sumunod sa Panginoong Jesus ng limang libong taong kumain ng mga piraso ng tinapay at isda, wala Siyang hininging mabigat sa kanila; sa sandaling nabusog sila, alam ba ninyo kung ano ang ginawa ng Panginoong Jesus? Nangaral ba Siya ng anuman sa kanila? Saan Siya nagpunta pagkatapos gawin ito? Hindi nakatala sa mga kasulatan na nagsabi ng anuman ang Panginoong Jesus sa kanila, tahimik lang Siyang umalis nang maisagawa Niya ang Kanyang himala. May hiningi ba Siya na anuman sa mga taong ito? Mayroon bang anumang pagkamuhi? Wala, walang ganito rito. Ayaw na lang Niyang isipin ang mga taong ito na hindi magagawang sumunod sa Kanya, at sa panahong ito ay nagdurusa ang Kanyang puso.

Sapagkat nakita Niya ang kabulukan ng sangkatauhan at naramdaman Niya ang pagtangga sa Kanya ng sangkatauhan, nang makita Niya ang mga taong ito at Siya ay kasama nila, ang kapurulan at kamangmangan ng tao ay nagpalungkot sa Kanya, at nagdurusa ang Kanyang puso, ang ninais lang Niyang gawin ay iwanan ang mga taong ito sa lalong madaling panahon. Hindi humingi ng anuman sa kanila ang Panginoon sa Kanyang puso, ayaw Niyang isipin sila, at lalo na, ayaw Niyang gugulin ang Kanyang lakas sa kanila. Alam Niyang hindi nila magagawang sumunod sa Kanya, subalit sa kabila ng lahat ng ito, napakalinaw pa rin ng Kanyang saloobin tungo sa kanila. Ninais lang Niya na tratuhin sila nang may kabaitan, na pagkalooban sila ng biyaya, at tunay na ito ang saloobin ng Diyos tungo sa bawat nilalang sa ilalim ng Kanyang pamumuno—na tratuhin ang bawat nilalang nang may kabaitan, na magtustos sa kanila at palusugin sila. Sa mismong kadahilanan na ang Panginoong Jesus ay ang Diyos na nagkatawang-tao, lubos na likas Niyang ibinunyag ang sariling diwa ng Diyos at tinrato ang mga taong ito nang may kabaitan. Tinrato Niya ang mga ito nang may puso na puno ng kagandahang-loob at pagpaparaya, at nang may gayong puso ay nagpakita Siya ng kabaitan sa kanila. Paano man nakita ng mga taong ito ang Panginoong Jesus, at anumang uri ang magiging kalalabasan, tinrato Niya ang bawat nilalang batay sa Kanyang posisyon bilang Panginoon ng lahat ng nilikha. Ang lahat ng Kanyang ibinunyag, nang walang pagtatangi, ay disposisyon ng Diyos, at kung anong mayroon at kung ano Siya. Tahimik na ginawa ng Panginoong Jesus ang bagay na ito, at pagkatapos ay tahimik na umalis—anong aspeto ng disposisyon ng Diyos ito? Masasabi mo ba na ito ang mapagmahal na kabaitan ng Diyos? Masasabi mo ba na ito ang pagiging di-makasarili ng Diyos? Isang bagay ba ito na magagawa ng karaniwang tao? Siguradong hindi! Sa diwa, sinu-sino ang limang libong taong ito na pinakain ng Panginoong Jesus ng limang tinapay at dalawang isda? Masasabi ba na sila ang mga taong naging kaayon Niya? Masasabi ba na silang lahat ay laban sa Diyos? Masasabi nang may katiyakan na sila ay ganap na hindi kaayon ng Panginoon, at ang kanilang diwa ay tiyak na laban sa Diyos. Subalit paano sila tinrato ng Diyos? Gumamit Siya ng isang pamamaraan upang ibsan ang paglaban ng mga tao tungo sa Diyos—ang pamamaraang ito ay tinatawag na “kabaitan.” Ibig sabihin, bagaman nakita ng Panginoong Jesus ang mga taong ito bilang mga makasalanan, gayunman sa paningin ng Diyos sila ay Kanyang nilikha, kaya tinrato pa rin Niya ang mga makasalalang ito nang may kabaitan. Ito ang pagpaparaya ng Diyos, at natutukoy ang pagpaparayang ito ng sariling pagkakakilanlan at diwa ng Diyos. Kaya, ito ay isang bagay na walang sinumang tao na nilikha ng Diyos ang makagagawa—tanging Diyos ang makagagawa nito.

Kapag nagagawa mong tunay na pahalagahan ang mga kaisipan at saloobin ng Diyos tungo sa sangkatauhan, kapag tunay mong nauunawaan ang mga emosyon at malasakit ng Diyos para sa bawat nilalang, mauunawaan mo ang debosyon at ang pagmamahal na ginugol sa bawat isa sa mga taong nilikha ng Lumikha. Kapag nangyari ito, gagamitin mo ang dalawang salita upang isalarawan ang pag-ibig ng Diyos. Ano ang dalawang salitang iyon? Sinasabi ng ilang tao na “di-makasarili,” at ang ilang tao ay

sinasabing “mapagkawanggawa.” Sa dalawang ito, ang “mapagkawanggawa” ang salitang pinaka-di-naaangkop upang ilarawan ang pag-ibig ng Diyos. Isang salita ito na ginagamit ng mga tao upang ilarawan ang isang taong may magandang kalooban o malawak na pag-iisip. Kinasusuklaman Ko ang salitang ito, sapagkat tumutukoy ito sa pamumudmod ng kawanggawa kahit kanino, nang walang itinatangi, nang walang pagsasaalang-alang para sa prinsipyo. Ito ay isang masyadong madamdaming pagkahilig, na karaniwan sa mga taong hangal at nalilito. Kapag ang salitang ito ay ginamit upang ilarawan ang pag-ibig ng Diyos, mayroong di-maiiwasan na isang kalapastanganang kahulugan. Mayroon Ako ritong dalawang salita na mas angkop na naglalarawan sa pag-ibig ng Diyos. Ano ang mga ito? Ang una ay ang “napakalaki.” Hindi ba lubos na nakaaantig ang salitang ito? Ang ikalawa ay ang “napakalawak.” Mayroong tunay na kahulugan sa likod ng mga salitang ito na Aking ginamit upang ilarawan ang pag-ibig ng Diyos. Kapag inintindi nang literal, ang “napakalaki” ay naglalarawan sa laki o kapasidad, ngunit gaano man kalaki ang bagay na iyon, isang bagay ito na mahahawakan at makikita ng mga tao. Dahil umiiral ito—hindi ito isang bagay na malabo, bagkus ay isang bagay na makapagbibigay sa mga tao ng mga ideya sa medyo tumpak at praktikal na paraan. Tingnan mo man ito mula sa pananaw na may dalawa o tatlong dimensyon, hindi mo kailangang isipin ang pag-iral nito, sapagkat ito ay isang bagay na talagang umiiral sa tunay na paraan. Bagaman ang paggamit ng salitang, “napakalaki,” upang ilarawan ang pag-ibig ng Diyos ay tila pagsukat sa Kanyang pag-ibig, ibinibigay rin nito ang damdamin na hindi nasusukat ang Kanyang pag-ibig. Sinasabi Ko na ang pag-ibig ng Diyos ay masusukat sapagkat hindi hungkag ang Kanyang pag-ibig, at hindi rin ito isang alamat. Sa halip, isang bagay ito na pinaghahati-hatian ng lahat ng bagay sa ilalim ng pamumuno ng Diyos, isang bagay na tinatamasa ng lahat ng nilalang sa magkakaibang antas at mula sa iba’t ibang pananaw. Bagaman hindi ito nakikita o nahahawakan ng mga tao, ang dinadala ng pag-ibig na ito ang panustos at buhay sa lahat ng bagay habang ito ay ibinubunyag, nang unti-unti, habang sila ay nabubuhay, at nabibilang sila at nagpapatotoo sa pag-ibig ng Diyos na tinatamasa nila sa bawat isang sandali. Sinasabi Ko na ang pag-ibig ng Diyos ay hindi masusukat sapagkat ang hiwaga ng pagtutustos at pangangalaga ng Diyos sa lahat ng bagay ay isang bagay na mahirap para sa mga tao na maarok, kagaya ng mga kaisipan ng Diyos para sa lahat ng bagay, at lalo na yaong para sa sangkatauhan. Ibig sabihin, walang sinuman ang nakaaalam sa dugo at mga luha na ibinuhos ng Lumikha para sa sangkatauhan. Walang sinuman ang makaiintindi, walang sinuman ang makauunawa sa lalim o bigat ng pag-ibig na mayroon ang Lumikha para sa sangkatauhan na nilikha Niya gamit ang Kanyang sariling mga kamay. Ang paglalarawan sa pag-ibig ng Diyos bilang napakalaki ay upang tulungan ang mga tao na pahalagahan at maunawaan ang laki nito at ang katotohanan ng pag-iral nito. Ito rin ay upang mas malalim na maiintindihan ng mga tao ang tunay na kahulugan ng salitang “Lumikha,” at nang ang mga tao ay makapagkamit ng mas malalim na pagkaunawa sa tunay na kahulugan ng katawagang, “paglikha.” Ano ang

madalas na inilalarawan ng salitang “napakalawak”? Ito ay karaniwang ginagamit upang ilarawan ang karagatan o ang sansinukob, halimbawa: “ang napakalawak na sansinukob,” o “ang napakalawak na karagatan.” Ang kalawakan at ang tahimik na kalaliman ng sansinukob ay lampas sa pagkaunawa ng tao; isang bagay ito na nakabibihag sa imahinasyon ng tao, isang bagay na lubos nilang hinahangaan. Ang hiwaga at kalaliman nito ay abot-tanaw, ngunit hindi maaabot. Kapag iniisip mo ang karagatan, iniisip mo ang kalaliman nito—mukha itong walang hangganan, at nararamdaman mo ang kahiwagaan at ang napakalaking kapasidad nito na magtaglay ng mga bagay. Ito ang dahilan kung bakit ginamit Ko ang salitang “napakalawak” upang ilarawan ang pag-ibig ng Diyos, upang tulungan ang mga taong madama kung gaano ito kahalaga, na madama ang malalim na kagandahan ng Kanyang pag-ibig, at na ang kapangyarihan ng pag-ibig ng Diyos ay walang hanggan at napakalawak. Ginamit Ko ang salitang ito upang tulungan ang mga tao na madama ang kabanalan ng Kanyang pag-ibig, at ang dignidad at ang pagiging-di-malalabag ng Diyos na naihahayag sa pamamagitan ng Kanyang pag-ibig. Ngayon sa tingin ba ninyo ang “napakalawak” ay isang angkop na salita para sa paglalarawan sa pag-ibig ng Diyos? Maaabot ba ng pag-ibig ng Diyos ang dalawang salitang ito, “napakalaki” at “napakalawak”? Talagang-talaga! Sa wikang pantao, ang dalawang salita lang na ito ang naaangkop kahit papano, at medyo malapit sa paglalarawan sa pag-ibig ng Diyos. Hindi ba ganoon sa palagay ninyo? Kung ipasalarawan Ko sa inyo ang pag-ibig ng Diyos, gagamitin ba ninyo ang dalawang salitang ito? Malamang na hindi ninyo gagamitin, sapagkat ang inyong pagkaunawa at pagpapahalaga sa pag-ibig ng Diyos ay limitado sa pananaw na may dalawang dimensyon, at hindi pa umaabot sa taas ng may tatlong dimensyong distansya. Kaya kung ipasalarawan Ko sa inyo ang pag-ibig ng Diyos, madarama ninyo na kulang kayo sa mga salita o marahil pa nga ay hindi kayo makapagsalita. Ang dalawang salita na Aking tinalakay sa araw na ito ay maaaring mahirap para sa inyo na maunawaan, o marahil ay hindi lang kayo sumasang-ayon. Ipinapakita lang nito na ang inyong pagpapahalaga at pagkaunawa sa pag-ibig ng Diyos ay mababaw at limitado sa isang makitid na saklaw. Nasabi Ko na noon na ang Diyos ay di-makasarili; natatandaan ninyo ang salitang ito, “di-makasarili.” Maaari bang ang pag-ibig ng Diyos ay mailalarawan lang bilang di-makasarili? Hindi ba ito isang napakakitid na saklaw? Dapat na pagnilayan pa ninyo ang usaping ito, nang magkamit kayo ng isang bagay mula rito.

Ang nasa itaas ay kung ano ang ating nakita sa disposisyon ng Diyos at ang Kanyang diwa mula sa unang himala. Bagaman ito ay isang kuwento na binabasa na ng mga tao sa loob ng ilang libong taon, mayroon itong isang simpleng balangkas, at nagtutulot sa mga tao na makita ang isang simpleng kababalaghan, ngunit sa simpleng balangkas na ito ay makikita natin ang isang bagay na mas mahalaga, na siyang disposisyon ng Diyos at kung anong mayroon at kung ano Siya. Ang mga bagay na ito na mayroon at kung ano Siya ay kumakatawan sa Diyos Mismo at mga pagpapahayag ng sariling mga kaisipan ng Diyos. Kapag ipinapahayag ng Diyos ang Kanyang

mga kaisipan, ito ay isang pagpapahayag ng tinig ng Kanyang puso. Umaasa Siya na magkakaroon ng mga taong makauunawa sa Kanya, makakikilala sa Kanya at makaiintindi sa Kanyang kalooban, at na makaririnig sa tinig ng Kanyang puso at magagawang aktibong makipagtulungan upang mapalugod ang Kanyang kalooban. Ang mga bagay na ito na ginawa ng Panginoong Jesus ay isang tahimik na pagpapahayag ng Diyos.

Pagkatapos, tingnan natin ang sumusunod na talata: Nakaluwalhati sa Diyos ang Muling Pagkabuhay ni Lazaro.

Ano ang inyong mga impresyon pagkatapos mabasa ang siping ito? Ang kahalagahan ng himalang ito na isinagawa ng Panginoong Jesus ay mas dakila kaysa sa nauna, sapagkat walang himala ang mas nakamamangha kaysa sa pagbuhay ng isang patay na tao mula sa libingan. Sa kapanahunang iyon, lubhang napakahalaga na isinagawa ng Panginoong Jesus ang isang bagay na gaya nito. Sapagkat ang Diyos ay nagkatawang-tao, nakikita lang ng mga tao ang Kanyang pisikal na kaanyuan, ang Kanyang praktikal na bahagi, at ang Kanyang hindi mahalagang aspeto. Kahit na nakita ng ilang tao at naunawaan ang ilan sa Kanyang katangian o ang ilang natatanging kakayahan na sa wari ay taglay Niya, walang nakakaalam kung saan nagmula ang Panginoong Jesus, kung sino talaga Siya sa Kanyang diwa, at kung ano pa ang kaya Niyang gawin. Ang lahat ng ito ay di-batid ng sangkatauhan. Napakaraming tao ang nagnais na makahanap ng katunayan upang sagutin ang mga katanungang ito ukol sa Panginoong Jesus, at upang malaman ang totoo. Makagagawa ba ang Diyos ng isang bagay upang patunayan ang Kanyang sariling pagkakakilanlan? Para sa Diyos, napakadali nito—madaling-madali lang. Makagagawa Siya ng anumang bagay kahit saan, anumang oras upang patunayan ang Kanyang pagkakakilanlan at diwa, subalit may sariling paraan ang Diyos sa paggawa ng mga bagay—may plano, at may mga hakbang. Hindi Siya basta-basta na lamang gumagawa ng mga bagay, ngunit sa halip ay naghahanap ng tamang panahon at tamang pagkakataon upang gawin ang isang bagay na pahihintulutan Niyang makita ng tao, isang bagay na talagang pinuspos ng kabuluhan. Sa paraang ito, pinatunayan Niya ang Kanyang awtoridad at ang Kanyang pagkakakilanlan. Kung gayon, magagawa bang patunayan ng muling pagkabuhay ni Lazaro ang pagkakakilanlan ng Panginoong Jesus? Tingnan natin ang sumusunod na talata ng kasulatan: “At nang masabi Niya ang gayon, ay sumigaw Siya nang may malakas na tinig, ‘Lazaro, lumabas ka.’ Siya na patay ay lumabas....” Nang ginawa ito ng Panginoong Jesus, isang bagay lang ang sinabi Niya: “Lazaro, lumabas ka.” At sa gayon ay lumabas si Lazaro mula sa kanyang libingan—ito ay naisakatuparan dahil lang sa iilang salita na binigkas ng Panginoon. Sa panahong ito, hindi nagtayo ang Panginoong Jesus ng dambana, at hindi Siya nagsagawa ng anumang iba pang pagkilos. Sinabi lang Niya ang isang bagay na ito. Dapat ba itong tawaging isang himala o isang utos? O isang uri ba ito ng salamangka? Kung tutuusin, tila matatawag itong isang himala, at kung titingnan mo ito mula sa makabagong pananaw, mangyari pa ay matatawag pa rin itong isang himala. Gayunpaman, tiyak na hindi ito maituturing na isang uri ng mahika na dapat magpabalik

sa isang kaluluwa mula sa kamatayan, at lalong hindi ito salamangka, o anumang uri nito. Tamang sabihin na ang himalang ito ang pinakanormal, katiting na pagpapakita ng awtoridad ng Lumikha. Ito ang awtoridad at ang kapangyarihan ng Diyos. May awtoridad ang Diyos na hayaang mamatay ang isang tao, na hayaang lisanin ng kanyang espiritu ang kanyang katawan at bumalik sa Hades, o kung saan man ito dapat tumungo. Ang panahon ng kamatayan ng tao, at ang lugar kung saan sila tutungo pagkatapos mamatay—tinutukoy ang mga ito ng Diyos. Makapagpapasya Siya anumang oras at kahit saan, hindi napipigilan ng mga tao, mga pangyayari, mga bagay, espasyo, o heograpiya. Kung nais Niyang gawin ito, magagawa Niya ito, sapagkat ang lahat ng bagay at ang lahat ng buhay na nilalang ay nasa ilalim ng Kanyang pamumuno, at ang lahat ng bagay ay isinisilang, nabubuhay, at naglalaho sa pamamagitan ng Kanyang salita at ng Kanyang awtoridad. Mabubuhay Niyang muli ang isang taong patay—at ito ay isa ring bagay na magagawa Niya anumang oras, kahit saan. Ito ang awtoridad na ang Lumikha lang ang nagtataglay.

Nang gumawa ang Panginoong Jesus ng mga bagay gaya ng pagbuhay muli kay Lazaro mula sa kamatayan, ang Kanyang mithiin ay upang magbigay ng katunayan para sa mga tao at para makita ni Satanas, at upang ipaalam sa mga tao at kay Satanas na ang lahat ng tungkol sa sangkatauhan, ang buhay at kamatayan ng sangkatauhan ay tinutukoy ng Diyos, at na bagaman Siya ay nagkatawang-tao, nananatili Siyang may kapangyarihan sa pisikal na mundo na nakikita at gayundin sa espirituwal na daigdig na hindi nakikita ng mga tao. Ito ay upang ipaalam sa mga tao at kay Satanas na ang lahat ng tungkol sa sangkatauhan ay hindi nasa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas. Ito ay isang paghahayag at isang pagpapakita ng awtoridad ng Diyos, at ito ay isa ring paraan para sa Diyos na makapaghatid ng mensahe sa lahat ng bagay, na ang buhay at kamatayan ng sangkatauhan ay nasa mga kamay ng Diyos. Ang muling pagbuhay ng Panginoong Jesus kay Lazaro ay isa sa mga paraan kung paano tinuturuan at binibigyang-tagubilin ng Lumikha ang sangkatauhan. Ito ay isang kongkretong pagkilos na kung saan ay ginamit Niya ang Kanyang kapangyarihan at awtoridad upang bigyang-tagubilin at tustusan ang sangkatauhan. Ito ay isang paraan, na hindi gumagamit ng mga salita, para sa Lumikha na tulutan ang sangkatauhan na makita ang katotohanan na Siya ang may kapangyarihan sa lahat ng bagay. Ito ay isang paraan upang masabi Niya sa sangkatauhan sa pamamagitan ng mga praktikal na pagkilos na walang kaligtasan maliban sa pamamagitan Niya. Ang ganitong tahimik na pamamaraan na ginamit Niya upang bigyang-tagubilin ang sangkatauhan ay walang hanggan, dinapapawi, nagdulot sa mga puso ng tao ng isang pagkagimbal at kaliwanagan na hindi kailanman kukupas. Nakaluwalhati sa Diyos ang muling pagkabuhay ni Lazaro—may malaking epekto ito sa bawat isang tagasunod ng Diyos. Matatag nitong pinananatili sa bawat tao na nauunawaang mabuti ang pangyayaring ito ang pagkaunawa, ang pananaw na ang Diyos lang ang may kapangyarihan sa buhay at kamatayan ng sangkatauhan. Bagaman may ganitong uri ng awtoridad ang Diyos, at bagaman nagpaabot Siya ng

isang mensahe tungkol sa Kanyang kataas-taasang kapangyarihan sa buhay at kamatayan ng sangkatauhan sa pamamagitan ng muling pagkabuhay ni Lazaro, hindi ito ang Kanyang pangunahing gawain. Hindi kailanman gumagawa ang Diyos ng isang bagay na walang kahulugan. Ang bawat isang bagay na Kanyang ginagawa ay may malaking halaga at isang nakahihigit na hiyas sa isang kamalig ng mga kayamanan. Tiyak na hindi Niya gagawing pangunahin o tanging mithiin o kasangkapan ng Kanyang gawain ang “pagpapalabas ng tao sa kanyang libingan.” Hindi gumagawa ang Diyos ng anumang bagay na walang kahulugan. Ang muling pagkabuhay ni Lazaro bilang nag-iisang pangyayari ay sapat na upang ipakita ang awtoridad ng Diyos at upang patunayan ang pagkakakilanlan ng Panginoong Jesus. Ito ang dahilan kung bakit hindi na inulit ng Panginoong Jesus ang ganitong uri ng himala. Ginagawa ng Diyos ang mga bagay alinsunod sa Kanyang sariling mga prinsipyo. Sa wikang pantao, masasabi na pinupuno lang ng Diyos ang Kanyang isipan ng seryosong mga bagay. Ibig sabihin, kapag gumagawa ang Diyos ng mga bagay, hindi Siya lumalayo sa layunin ng Kanyang gawain. Alam Niya kung anong gawain ang Kanyang gustong isakatuparan sa yugtong ito, kung ano ang gusto Niyang matapos, at gagawa Siyang alinsunod talaga sa Kanyang plano. Kung nagkaroon ang isang taong tiwali ng gayong uri ng kakayahan, mag-iisip lang siya ng mga paraan upang ihayag ang kanyang kakayahan nang malaman ng iba kung gaano siya kakila-kilabot, nang sa gayon ay yumukod sila sa kanya, upang makontrol niya ang mga ito at lamunin sila. Ito ang kasamaan na nagmumula kay Satanas—tinatawag itong katiwalian. Walang gayong disposisyon ang Diyos, at wala Siyang gayong diwa. Ang Kanyang layunin sa paggawa ng mga bagay ay hindi upang magpakitang-gilas, bagkus ay upang tustusan ang sangkatauhan ng higit pang pahayag at paggabay, at ito ang dahilan kung bakit kakaunti lang ang mga halimbawang nakikita ng mga tao sa Bibliya na gaya ng ganitong uri ng pangyayari. Hindi ito nangangahulugan na ang mga kapangyarihan ng Panginoong Jesus ay limitado, o na hindi Niya magagawa ang gayong mga bagay. Ayaw lang itong gawin ng Diyos, sapagkat ang muling pagbuhay ng Panginoong Jesus kay Lazaro ay may totoong praktikal na kahalagahan, at dahil din sa ang pangunahing gawain ng pagkakatawang-tao ng Diyos ay hindi ang pagsasagawa ng mga himala, hindi ang muling pagbuhay sa mga tao mula sa kamatayan, bagkus ay ang gawain ng pagtubos sa sangkatauhan. Kaya, karamihan sa mga gawain na natapos ng Panginoong Jesus ay pagtuturo sa mga tao, pagtutustos sa kanila, at pagtulong sa kanila, at ang mga pangyayaring kagaya ng muling pagbuhay kay Lazaro ay maliit lang na bahagi ng ministeryo na isinakatuparan ng Panginoong Jesus. Higit pa rito, masasabi na ang “pagpapakitang-gilas” ay hindi bahagi ng diwa ng Diyos, kaya ang Panginoong Jesus ay hindi sadyang nagsagawa ng pagpipigil sa pamamagitan ng hindi pagpapamalas ng marami pang himala, ni dahil man sa mga limitasyong pangkapaligiran, at tiyak na hindi ito dahil sa kawalan ng kapangyarihan.

Nang muling buhayin ng Panginoong Jesus si Lazaro mula sa kamatayan, ginamit lang Niya ang ilang salitang ito: “Lazaro, lumabas ka.” Wala na Siyang sinabi maliban

dito. Kung gayon, ano ang ipinapakita ng mga salitang ito? Ipinapakita ng mga ito na magagawa ng Diyos ang anumang bagay sa pamamagitan ng pagsasalita, kabilang na ang muling pagbuhay sa isang taong patay. Nang nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay, nang nilikha Niya ang mundo, ginawa Niya iyon sa pamamagitan ng mga salita—sinalitang mga utos, mga salitang may awtoridad, at sa paraang ito ay nalikha ang lahat ng bagay, at sa gayon, ito ay natapos. Ang ilang salitang ito na sinabi ng Panginoong Jesus ay kagaya ng mga salitang sinabi ng Diyos nang Kanyang likhain ang kalangitan at ang lupa at ang lahat ng bagay; sa parehong paraan, taglay ng mga ito ang awtoridad ng Diyos at ang kapangyarihan ng Lumikha. Ang lahat ng bagay ay inanyuan at nanindigan dahil sa mga salita mula sa bibig ng Diyos, at sa parehong paraan, naglakad si Lazaro palabas ng kanyang libingan dahil sa mga salita mula sa bibig ng Panginoong Jesus. Ito ang awtoridad ng Diyos, ipinakita at isinakatuparan sa Kanyang nagkatawang-taong laman. Ang ganitong uri ng awtoridad at kakayahan ay pag-aari ng Lumikha, at ng Anak ng tao na kung kanino naisakatuparan ang Lumikha. Ito ang pagkaunawa na itinuro ng Diyos sa sangkatauhan sa pamamagitan ng muling pagbuhay kay Lazaro mula sa kamatayan. Ngayon, tatapusin na natin dito ang ating talakayan sa paksang ito. Pagkatapos, magbasa pa tayo ng ilan pa mula sa mga kasulatan.

10. Ang Panghuhusga ng mga Pariseo kay Jesus

Marcos 3:21–22 At nang mabalitaan yaon ng Kanyang mga kaibigan, ay nagsilabas sila upang Siya'y hulihin: sapagkat kanilang sinabi, “sira ang Kanyang bait.” At sinabi ng mga eskriba na nagsibaba mula sa Jerusalem, “nasa Kanya si Beelzebub, at sa pamamagitan ng prinsipeng ng mga demonyo ay nagpapalayas Siya ng mga demonyo.”

11. Ang Pagsaway ni Jesus sa mga Pariseo

Mateo 12:31–32 Kaya't sinasabi Ko sa inyo, “Ang bawat kasalanan at paglapastangan ay ipatatawad sa mga tao; datapuwat ang paglapastangan laban sa Banal na Espiritu ay hindi ipatatawad sa mga tao. At ang sinumang magsalita ng isang salitang laban sa Anak ng tao, ay ipatatawad sa kanya; datapuwat ang sinumang magsalita laban sa Banal na Espiritu, ay hindi ipatatawad sa kanya, kahit sa sanlibutang ito, o maging sa darating.”

Mateo 23:13–15 Datapuwat sa aba ninyo, mga eskriba at mga Pariseo, mga mapagpaimbabaw! Sapagkat sinasarhan ninyo ang kaharian ng langit laban sa mga tao: sapagkat kayo'y hindi na nagsisipasok, at ang nagsisipasok man ay ayaw ninyong bayaang mangakapasok. Sa aba ninyo, mga eskriba't mga Pariseo, mga mapagpaimbabaw! Sapagkat sinasakmal ninyo ang mga bahay ng mga babaing balo, at inyong dinadahilan ang mahahabang panalangin: kaya't magsisitanggap kayo ng lalong mabigat na parusa. Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Pariseo, mga mapagpaimbabaw! Sapagkat inyong nililibot ang dagat at ang lupa sa paghahanap ng isa ninyong mapagbabalik-loob; at kung siya'y magkagayon na, ay inyong ginagawa siyang makaibayo pang anak ng impiyerno kaysa sa inyong sarili.

Magkaiba ang nilalaman ng dalawang talatang nasa itaas. Tingnan muna natin ang naunang talata: Ang Paghusga ng mga Pariseo kay Jesus.

Sa Bibliya, ang pagsusuri ng mga Pariseo kay Jesus Mismo at sa mga bagay na Kanyang ginawa ay: "... kanilang sinabi, 'sira ang Kanyang bait. ... Nasa Kanya si Beelzebub, at, sa pamamagitan ng prinsipeng ng mga demonyo ay nagpapalayas Siya ng mga demonyo'" (Marcos 3:21–22). Ang panghuhusga ng mga eskriba at mga Pariseo sa Panginoong Jesus ay hindi panggagaya nila sa mga salita ng ibang tao, at hindi rin walang basehang pala-palagay—ito ang konklusyon na binuo nila hinggil sa Panginoong Jesus mula sa kanilang nakita at narinig tungkol sa Kanyang mga pagkilos. Bagaman ang kanilang konklusyon sa wari ay ginawa sa ngalan ng katarungan at lumilitaw sa mga tao na parang may matibay na batayan, ang pagmamataas kung saan hinusgahan nila ang Panginoong Jesus ay mahirap maging para sa kanila na mapigilan. Ang nagngangalit na enerhiya ng kanilang pagkamuhi sa Panginoong Jesus ang nagbunyag sa kanilang sariling masidhing mga ambisyon at sa kanilang masasamang satanikong mga mukha, gayundin sa kanilang masamang kalikasan na sa pamamagitan nito ay lumaban sila sa Diyos. Ang mga bagay na ito na kanilang sinabi sa kanilang panghuhusga sa Panginoong Jesus ay udyok ng kanilang masidhing mga ambisyon, pagkainggit, at ng pangit at masamang kalikasan ng kanilang pagkapoot sa Diyos at sa katotohanan. Hindi nila siniyasat ang pinagmulan ng mga pagkilos ng Panginoong Jesus, ni siniyasat man nila ang diwa ng sinabi o ginawa Niya. Sa halip, nang basta-basta, sa isang kalagayan ng hibang na pagkaligalig, at nang may sadyang masamang hangarin, binatikos at siniraan nila ang nagawa Niya. Hanggang sa punto na sadya nilang siniraan ang Kanyang Espiritu, iyon ay, ang Banal na Espiritu na Siyang Espiritu ng Diyos. Ito ang ibig nilang sabihin nang kanilang sinabing, "Sira ang Kanyang bait," "si Beelzebub," at "prinsipeng ng mga demonyo." Ibig sabihin, sinabi nila na ang Espiritu ng Diyos ay si Beelzebub at ang prinsipeng ng mga demonyo. Inilarawan nila bilang isang kabaliwan ang gawain ng Espiritu ng Diyos na nagkatawang-tao, na binihisan ang Kanyang sarili ng katawang-tao. Hindi lang nila nilapastangan ang Espiritu ng Diyos bilang si Beelzebub at ang prinsipeng ng mga demonyo, bagkus ay hinatulan din nila ang gawain ng Diyos at hinatulan at nilapastangan ang Panginoong Jesucristo. Ang diwa ng kanilang paglaban at paglapastangan sa Diyos ay lubos na katulad ng diwa ng paglaban at paglapastangan sa Diyos na ginawa ni Satanas at ng mga demonyo. Hindi lang nila kinatawan ang mga taong tiwali, subalit lalong higit na sila ang pagsasakatawan ni Satanas. Sila ay daluyan para kay Satanas sa gitna ng sangkatauhan, at sila ang mga kasabwat at mga utusan ni Satanas. Ang diwa ng kanilang paglapastangan at ng kanilang paninirang-puri sa Panginoong Jesucristo ay ang kanilang pakikipaglaban sa Diyos para sa katayuan, ang kanilang pakikipagpaligsahan sa Diyos, at ang kanilang walang katapusang pagsubok sa Diyos. Ang diwa ng kanilang paglaban sa Diyos at ng kanilang saloobin ng pagkapoot sa Kanya, gayundin ang kanilang mga salita at ang kanilang mga kaisipan, ay tahasang nilapastangan at ginalit ang Espiritu ng Diyos. Kaya, tinukoy ng Diyos ang isang

makatwirang paghatol batay sa sinabi at ginawa nila, at tinukoy ng Diyos ang kanilang mga gawa na kasalanan ng paglapastangan laban sa Banal na Espiritu. Ang pagkakasalang ito ay walang kapatawaran kapwa sa mundong ito at sa mundong darating, gaya ng pinatotohanan sa sumusunod na sipi ng kasulatan: “Ang paglapastangan laban sa Banal na Espiritu ay hindi ipatatawad sa mga tao” at, “sinumang magsalita laban sa Banal na Espiritu, ay hindi ipatatawad sa kanya, kahit sa sanlibutang ito, o maging sa darating.” Sa araw na ito, pag-usapan natin ang tungkol sa tunay na kahulugan ng mga salitang ito mula sa Diyos: “hindi ipatatawad sa kanya, kahit sa sanlibutang ito, o maging sa darating.” Ibig sabihin, gawin nating mas malinaw at mas madaling unawain kung paano tinutupad ng Diyos ang mga salitang: “Hindi ipatatawad sa kanya, kahit sa sanlibutang ito, o maging sa darating.”

Ang lahat ng napag-usapan na natin ay may kaugnayan sa disposisyon ng Diyos, at sa Kanyang saloobin tungo sa mga tao, mga pangyayari, at mga bagay. Mangyari pa, hindi natatangi ang dalawang talata sa itaas. May napansin ba kayong anuman sa dalawang talatang ito ng kasulatan? Sinasabi ng ilang tao na nakikita nila ang galit ng Diyos sa mga ito. Sinasabi naman ng ilang tao na nakikita nila ang panig ng disposisyon ng Diyos na hindi nagpaparaya sa pagkakasala ng sangkatauhan, at na kapag gumawa ang mga tao ng isang bagay na lapastangan sa Diyos, hindi nila matatanggap ang Kanyang kapatawaran. Sa kabila ng katotohanan na nakikita at nauunawaan ng mga tao ang galit ng Diyos at ang di-pagpaparaya sa pagkakasala ng sangkatauhan sa dalawang talatang ito, hindi pa rin nila talaga nauunawaan ang Kanyang saloobin. Ipinahihiwatig ng dalawang talatang ito ang natatagong mga sanggunian sa tunay na saloobin ng Diyos at sa Kanyang pakikitungo sa mga lumalapastangan at nagpapagalit sa Kanya. Ipinapakita ng Kanyang saloobin at pakikitungo ang tunay na kahulugan ng sumusunod na talata: “Sinumang magsalita laban sa Banal na Espiritu, ay hindi ipatatawad sa kanya, kahit sa sanlibutang ito, o maging sa darating.” Kapag nilapastangan ng mga tao ang Diyos at kapag ginalit nila Siya, nagpapalabas Siya ng isang hatol, at ang hatol na ito ay ang kinahinatnan na ipinalabas Niya. Isinasalarawan ito sa ganitong paraan sa Bibliya: “Kaya’t sinasabi Ko sa inyo, ‘Ang bawat kasalanan at paglapastangan ay ipatatawad sa mga tao; datapuwat ang paglapastangan laban sa Banal na Espiritu ay hindi ipatatawad sa mga tao’” (Mateo 12:31), at “Datapuwat sa aba ninyo, mga eskriba at mga Pariseo, mga mapagpaimbabaw!” (Mateo 23:13). Gayunpaman, nakatala ba sa Bibliya kung ano ang kinahinatnan ng mga eskriba at mga Pariseo na iyon, gayundin ng mga taong nagsabing baliw ang Panginoong Jesus matapos Niyang sabihin ang mga bagay na ito? Nakatala ba na dumanas sila ng kaparusahan? Hindi—tiyak na masasabi ito. Ang pagsasabi rito ng “Hindi” ay hindi nangangahulugan na walang gayong pagtatala, subalit sa katunayan lang ay walang kahihinatnan na makikita gamit ang mga mata ng tao. Nililinaw ng pagsasabi na “hindi ito naitala” ang usapin ng saloobin at mga prinsipyo ng Diyos sa pangangasiwa ng ilang bagay. Hindi nagbubulag-bulagan o nagbibingi-bingihan ang Diyos sa mga taong lumalapastangan o kumakalaban sa

Kanya, o maging sa mga naninirang-puri sa Kanya—mga taong sadyang bumabatikos, naninira, at sumusumpa sa Kanya—subalit sa halip ay mayroon Siyang isang malinaw na saloobin tungo sa kanila. Kinasusuklanan Niya ang mga taong ito, at kinokondena Niya ang mga ito sa Kanyang puso. Lantaran pa Niyang ipinahahayag ang magiging kahihinatnan nila, upang malaman ng mga tao na mayroon Siyang malinaw na saloobin tungo sa mga lumalapastangan sa Kanya, at upang malaman nila kung paano Niya tutukuyin ang kanilang kahihinatnan. Gayunpaman, pagkatapos sabihin ng Diyos ang mga bagay na ito, hindi halos makita ng mga tao ang katotohanan ng kung paano pakikitunguhan ng Diyos ang mga taong iyon, at hindi nila maunawaan ang mga prinsipyo sa likod ng kinahinatnan at ng hatol na ipinalabas ng Diyos sa kanila. Ibig sabihin, hindi nakikita ng mga tao ang partikular na pakikitungo at mga pamamaraang mayroon ang Diyos sa pagharap sa kanila. May kinalaman ito sa mga prinsipyo ng Diyos sa paggawa ng mga bagay-bagay. Ginagamit ng Diyos ang paglitaw ng mga katunayan upang makitungo sa masamang pag-uugali ng ilang tao. Ibig sabihin, hindi Niya ipinahahayag ang kanilang kasalanan at hindi Niya tinutukoy ang kanilang kahihinatnan, subalit sa halip ay ginagamit nang tuwiran ang paglitaw ng mga katunayan upang ibigay ang kaparusahan at nararapat na kagantihan sa kanila. Kapag nangyari ang mga katunayang ito, ang laman ng mga tao ang magdaranas ng kaparusahan, nangangahulugan na ang kaparusahan ay isang bagay na makikita ng mga mata ng tao. Sa pakikitungo sa masamang pag-uugali ng ilang tao, sinusumpa lang sila ng Diyos gamit ang mga salita at ang galit ng Diyos ay dumarating din sa kanila, ngunit ang kaparusahan na kanilang natatanggap ay maaaring isang bagay na hindi nakikita ng mga tao. Magkagayunman, ang ganitong uri ng kalalabasan ay maaaring mas malala pa kaysa sa mga kalalabasan na nakikita ng mga tao, gaya ng pagpaparusa o pagpatay. Ito ay dahil sa ilalim ng mga kalagayan na tinukoy na ng Diyos na huwag iligtas ang ganitong uri ng tao, na huwag nang magpakita pa ng habag o magkaroon ng pagpaparaya para sa kanila at na huwag na silang pagkalooban pa ng mga pagkakataon, ang Kanyang saloobin tungo sa kanila ay isantabi sila. Ano ang kahulugan ng “isantabi”? Ang pangunahing kahulugan ng terminong ito ay na ilagay ang isang bagay sa isang tabi, na balewalain at huwag nang bigyang pansin ito. Subalit dito, kapag isinasantabi ng Diyos ang isang tao, may dalawang magkaibang pagpapaliwanag sa kahulugan nito: Ang unang pagpapaliwanag ay na ibinigay na Niya kay Satanas ang buhay ng taong iyon at ang lahat ng tungkol sa taong iyon upang pakitunguhan, at hindi na magiging pananagutan at hindi na pamamahalaan ng Diyos ang taong iyon. Maging ang taong iyon ay baliw o hangal man, o maging buhay o patay man ito, o kung siya man ay bumaba na sa impiyerno para sa kanilang kaparusahan, wala sa mga ito ang magkakaroon pa ng anumang kaugnayan sa Diyos. Mangangahulugan ito na wala nang kaugnayan sa Lumikha ang nilalang na iyon. Ang ikalawang pagpapaliwanag ay na tinukoy na ng Diyos na may nais Siya Mismong gawin sa taong ito, sa Kanyang sariling mga kamay. Posibleng gagamitin Niya ang serbisyo ng taong ito, o na gagamitin Niya ang mga ito

bilang isang panghambing. Posibleng magkakaroon Siya ng isang natatanging paraan ng pakikitungo sa ganitong uri ng tao, isang natatanging paraan ng pagtrato sa kanila, gaya ng kay Pablo, halimbawa. Ito ang prinsipyo at saloobin sa puso ng Diyos kung saan tinukoy na Niya na makitungo sa ganitong uri ng tao. Kaya kapag kalabanin ng mga tao ang Diyos at siraan at lapastanganin Siya, kung galitin nila ang Kanyang disposisyon, o kung sagarin nila ang Diyos nang lampas sa hangganan ng Kanyang pagpaparaya, ang mga kahihinatnan ay hindi sukat akalain. Ang pinakamalalang kahihinatnan ay na ibibigay ng Diyos kay Satanas ang kanilang mga buhay at ang lahat ng tungkol sa kanila nang minsanan at magpakailanman. Hindi sila patatawarin magpakailanman. Nangangahulugan ito na ang taong ito ay naging pagkain na sa bibig ni Satanas, isang laruan sa kamay nito, at mula noon ay wala nang kinalaman ang Diyos sa kanila. Maiisip ba ninyo kung anong uri ng kahapisan ito nang tuksuhin ni Satanas si Job? Maging sa ilalim ng kondisyon na hindi maaaring saktan ni Satanas ang buhay ni Job, nagdusa pa rin si Job nang napakatindi. At hindi ba lalo pang mas mahirap isipin ang mga pinsalang idudulot ni Satanas sa isang taong ganap nang ibinigay kay Satanas, na ganap nang napasakamay ni Satanas, na lubusan nang nawalan ng pagmamalasakit at habag ng Diyos, na wala na sa ilalim ng pamumuno ng Lumikha, na inalisan na ng karapatan na sambahin Siya at ng karapatan na maging isang nilalang sa ilalim ng pamumuno ng Diyos, at na ang kaugnayan sa Panginoon ng paglikha ay lubusan nang pinutol? Ang pag-uusig ni Satanas kay Job ay isang bagay na makikita ng mga mata ng tao, subalit kapag ibinigay ng Diyos ang buhay ng isang tao kay Satanas, ang mga kahihinatnan ay hindi mawawari ng tao. Halimbawa, ang ilang tao ay maaaring ipanganak muli bilang isang baka, o isang asno, habang ang ilan ay maaaring panirahan at sapian ng marurumi, masasamang espiritu, at iba pa. Ito ang mga kalalabasan ng ilan sa mga taong ibinigay ng Diyos kay Satanas. Sa panlabas, tila hindi dumanas ng anumang mga kahihinatnan ang mga taong nanlibak, nanira, kumondena, at lumapastangan sa Panginoong Jesus. Gayunpaman, ang totoo ay may paraan ng pakikitungo ang Diyos sa lahat ng bagay. Maaaring hindi Siya gumamit ng malinaw na wika upang sabihin sa mga tao ang kalalabasan ng kung paano Siya nakikitungo sa bawat uri ng tao. May mga pagkakataon na hindi Siya tuwirang nagsasalita, subalit sa halip ay kumikilos Siya nang tuwiran. Ang hindi Niya pagsasalita ukol dito ay hindi nangangahulugan na walang kinalabasan—sa katunayan, sa gayong pagkakataon ay maaaring mas malala pa nga ang kinalabasan. Sa panlabas, tila may ilan na hindi hayagang sinasabihan ng Diyos ng tungkol sa Kanyang saloobin, subalit sa katunayan, matagal nang ayaw bigyang-pansin ng Diyos ang mga ito. Ayaw na Niyang makita sila kailanman. Dahil sa mga bagay na ginawa nila at sa kanilang pag-uugali, dahil sa kanilang kalikasan at diwa, gusto na lang ng Diyos na maglaho sila sa Kanyang paningin, nais na ibigay sila nang tuluyan kay Satanas, na ibigay ang kanilang espiritu, kaluluwa, at katawan kay Satanas at na tulutan si Satanas na gawin ang anumang nais nito sa kanila. Malinaw kung hanggang saan namumuhi ang Diyos sa

kanila, kung hanggang saan nasusuklam ang Diyos sa kanila. Kung ginagalit ng isang tao ang Diyos hanggang sa punto na ayaw man lang silang makitang muli ng Diyos at nakahanda nang lubusang sumuko sa kanila, hanggang sa puntong ayaw man lang Niya Mismo na makitungo sa kanila—kung dumating ito sa punto na ibibigay na Niya ang mga ito kay Satanas upang gawin ang nais nito, upang tulutan si Satanas na kontrolin, lamunin, at tratuhin sila sa anumang paraang nais nito—samakatuwid ang taong ito ay nagwakas na nang tuluyan. Permanente nang binawi ang kanilang karapatan na maging isang tao, at sumapit na sa kawakasan ang kanilang karapatan na maging nilalang na nilikha ng Diyos. Hindi ba ito ang pinakamalalang uri ng kaparusahan?

Ang lahat ng nasa itaas ay kumpletong pagpapaliwanag sa mga salitang: “hindi ipatatawad sa kanya, kahit sa sanlibutang ito, o maging sa darating,” at nagsisilbi rin itong isang simpleng komentaryo sa mga talatang ito mula sa mga kasulatan. Naniniwala Ako na mayroon na kayo ngayong pagkaunawa rito.

Ngayon naman ay basahin natin ang sumusunod na mga sipi mula sa Kasulatan.

12. Ang mga Salita ni Jesus sa Kanyang mga Disipulo Pagkatapos ng Kanyang Muling Pagkabuhay

Juan 20:26–29 At pagkaraan ng walong araw ay muling nasa loob ng bahay ang Kanyang mga disipulo, at kasama nila si Tomas: tapos dumating si Jesus, habang nakasara ang mga pinto, at tumayo sa gitna, at sinabi, “Kapayapaan ang sumainyo.” Nang magkagayo’y sinabi Niya kay Tomas, “Idaiti mo rito ang iyong daliri, at tingnan mo ang Aking mga kamay; at idaiti mo rito ang iyong kamay, at isuot mo ito sa Aking tagiliran: at huwag kang mawalan ng pananampalataya, kundi maniwala.” Sumagot si Tomas, at sa Kanya’y sinabi, “Panginoon ko at Diyos ko.” Sinabi sa kanya ni Jesus, “Tomas, sapagkat Ako’y nakita mo ay sumampalataya ka: mapapalad yaong hindi nangakakita, at gayon ma’y nagsisampalataya.”

Juan 21:16–17 Sinabi Niya sa kanya muli sa ikalawang pagkakataon, “Simon anak ni Juan, Iniibig mo baga Ako?” Sinabi niya sa Kanya, “Oo, Panginoon; nalalaman mo na Kita’y iniibig.” Sinabi Niya sa kanya, “Alagaan mo ang Aking mga tupa.” Sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, “Simon, anak ni Juan, Iniibig mo baga Ako?” Nalumbay si Pedro sapagkat sa kaniya’y sinabi nang ikatlong ulit, “Iniibig mo baga Ako?” At sinabi niya sa Kanya, “Panginoon, nalalaman Mo ang lahat ng mga bagay; nalalaman Mo na Kita’y iniibig.” Sinabi sa kanya ni Jesus, “Pakanin mo ang Aking mga tupa.”

Ang isinasalaysay ng mga talatang ito ay ang ilang bagay na ginawa at sinabi ng Panginoong Jesus sa Kanyang mga disipulo pagkatapos ng Kanyang muling pagkabuhay. Una, tingnan natin ang anumang mga pagkakaiba na maaaring mayroon sa Panginoong Jesus bago at pagkatapos ng muling pagkabuhay. Siya pa rin ba ang parehong Panginoong Jesus ng nakaraang mga araw? Nilalaman ng mga kasulatan ang sumusunod na linyang naglalarawan sa Panginoong Jesus pagkatapos ng muling

pagkabuhay: “Dumating si Jesus, habang nakasara ang mga pinto, at tumayo sa gitna, at sinabi, ‘Kapayapaan ang sumainyo.’” Napakalinaw na ang Panginoong Jesus sa panahong iyon ay hindi na nananahan sa isang makalamang katawan, bagkus ay nasa isang espirituwal na katawan na Siya ngayon. Ito ay dahil nahigitan na Niya ang mga limitasyon ng katawang-tao; kahit na nakasara ang pinto, makalalapit pa rin Siya sa mga tao at hahayaan silang makita Siya. Ito ang pinakamalaking pagkakaiba sa pagitan ng Panginoong Jesus pagkatapos ng muling pagkabuhay at ng Panginoong Jesus na nabubuhay sa katawang-tao bago ang muling pagkabuhay. Bagaman walang pagkakaiba sa pagitan ng kaanyuan ng espirituwal na katawan sa sandaling iyon at ng kaanyuan ng Panginoong Jesus dati, ang Panginoong Jesus sa sandaling iyon ay naging parang isang estranghero sa mga tao, sapagkat naging espirituwal na katawan Siya pagkatapos na muling mabuhay mula sa kamatayan, at kung ihahambing sa Kanyang nakaraang katawang-tao, ang espirituwal na katawang ito ay lalong palaisipan at nakalilito sa mga tao. Lumikha rin ito ng mas malaking agwat sa pagitan ng Panginoong Jesus at ng mga tao, at nadama ng mga tao sa kanilang mga puso na ang Panginoong Jesus sa sandaling iyon ay naging higit na mahiwaga. Ang mga pagkaunawa at damdaming ito sa panig ng mga tao ay biglang nagdala sa kanila pabalik sa isang kapanahunan ng paniniwala sa isang Diyos na hindi nakikita o nahahawakan. Kaya, ang unang bagay na ginawa ng Panginoong Jesus pagkatapos ng Kanyang muling pagkabuhay ay tulutan ang lahat na makita Siya, na matiyak na umiiral Siya, at na matiyak ang katotohanan ng Kanyang muling pagkabuhay. Bukod pa rito, pinanumbalik ng pagkilos na ito ang Kanyang kaugnayan sa mga tao na tulad noong gumagawa pa Siya sa katawang-tao, noong Siya pa ang Cristo na nakikita at nahahawakan nila. Isang kinalabasan nito ay na walang pagdududa o anupaman ang mga tao na muling nabuhay ang Panginoong Jesus mula sa kamatayan pagkatapos na maipako sa krus, at wala rin silang pagdududa sa gawain ng Panginoong Jesus na tubusin ang sangkatauhan. Isa pang kinalabasan ay na ang katunayan ng pagpapakita ng Panginoong Jesus sa mga tao pagkatapos ng Kanyang muling pagkabuhay at ang pagpapahintulot sa mga tao na makita at mahawakan Siya ay mahigpit na nagpatatag sa sangkatauhan sa Kapanahunan ng Biyaya, tinitiyak na, mula sa panahong ito, hindi na babalik ang mga tao sa nakaraang Kapanahunan ng Kautusan dahil sa ipinagpalagay na batayang “naglaho” ang Panginoong Jesus o na Siya ay “lumisan nang walang pasabi.” Sa gayon ay tiniyak Niyang magpapatuloy silang pasulong, na sinusunod ang mga turo ng Panginoong Jesus at ang gawain na Kanyang ginawa. Kaya, isang bagong yugto sa gawain sa Kapanahunan ng Biyaya ang pormal na nabuksan, at mula sa sandaling iyon, ang mga taong matagal nang namumuhay sa ilalim ng kautusan ay pormal nang lumabas mula sa kautusan at pumasok sa isang bagong kapanahunan, sa isang bagong pasimula. Ito ang sari-saring mga kahulugan ng pagpapakita ng Panginoong Jesus sa sangkatauhan pagkatapos ng muling pagkabuhay.

Yamang nanahan ngayon ang Panginoong Jesus sa isang espirituwal na katawan,

paanong nahahawakan Siya at nakikita Siya ng mga tao? Ito ay may kinalaman sa kahalagahan ng pagpapakita ng Panginoong Jesus sa sangkatauhan. Mayroon ba kayong napansing anuman sa mga talata ng kasulatan na kababasa lang natin? Sa pangkalahatan, hindi nakikita o nahahawakan ang espirituwal na mga katawan, at pagkatapos ng muling pagkabuhay, ang gawaing isinabalikat ng Panginoong Jesus ay natapos na. Kaya sa teorya, talagang hindi na Niya kinailangang bumalik sa kalagitnaan ng mga tao sa Kanyang orihinal na larawan upang makipagkita sa kanila, ngunit ang pagpapakita ng espirituwal na katawan ng Panginoong Jesus sa mga taong gaya ni Tomas ang lalong nagpatatag sa kahalagahan ng Kanyang pagpapakita, upang tumagos ito nang mas malalim sa mga puso ng mga tao. Nang Siya ay lumapit kay Tomas, hinayaan Niya ang mapagdudang si Tomas na hawakan ang Kanyang kamay, at sinabi sa kanya: “Idaiti mo rito ang iyong kamay, at isuot mo ito sa Aking tagiliran: at huwag kang mawalan ng pananampalataya, kundi maniwala.” Ang mga salita at mga pagkilos na ito ay hindi mga bagay na ninais lang sabihin at gawin ng Panginoong Jesus pagkatapos na Siya ay muling mabuhay; sa katunayan, ito ang mga bagay na nais Niyang sabihin at gawin bago pa man Siya ipinako sa krus, dahil hindi lang noon nagsimula ang mga pagdududa ni Tomas, bagkus ay taglay na niya sa buong panahon na sumusunod siya sa Panginoong Jesus. Maliwanag na, bago Siya ipinako sa krus, mayroon nang pagkaunawa ang Panginoong Jesus sa mga taong gaya ni Tomas. Kaya ano ang ating makikita mula rito? Siya pa rin ang dating Panginoong Jesus pagkatapos ng Kanyang muling pagkabuhay. Hindi nagbago ang Kanyang diwa. Gayunpaman, narito ang Panginoong Jesus na muling nabuhay mula sa kamatayan at nagbalik mula sa espirituwal na daigdig nang may orihinal Niyang larawan, nang may orihinal Niyang disposisyon, at nang may pagkaunawa Niya sa sangkatauhan mula sa panahon Niya sa katawang-tao, kaya nagpunta muna Siya kay Tomas at pinahintulutan si Tomas na mahawakan ang Kanyang tadyang, upang hindi lang hayaan si Tomas na makita ang Kanyang espirituwal na katawan pagkatapos na muling mabuhay, bagkus ay upang hayaan si Tomas na mahawakan at maramdaman ang pag-iral ng Kanyang espirituwal na katawan, at tuluyang alisin ang mga pagdududa nito. Bago ipinako sa krus ang Panginoong Jesus, palaging nagdududa si Tomas na Siya ang Cristo, at hindi magawang maniwala. Ang kanyang pananampalataya sa Diyos ay naitatag lang sa batayan ng kung ano ang kanyang nakikita sa kanyang sariling mga mata, kung ano ang kanyang nahahawakan sa kanyang sariling mga kamay. May mabuting pagkaunawa ang Panginoong Jesus sa pananampalataya ng ganitong uri ng tao. Naniniwala lang sila sa Diyos na nasa langit, at hindi talaga naniwala sa Isa na ipinadala ng Diyos, o sa Cristo na nasa katawang-tao, at hindi rin nila matatanggap Siya. Upang kilalanin at paniwalaan ni Tomas ang pag-iral ng Panginoong Jesus at na tunay na Siya ang Diyos na nagkatawang-tao, pinahintulutan Niya si Tomas na idaiti ang kanyang kamay at hawakan ang Kanyang tadyang. May pinagkaiba ba sa pagdududa ni Tomas bago at pagkatapos ng muling pagkabuhay ng Panginoong Jesus? Palagi siyang nagdududa, at

maliban sa personal na pagpapakita sa kanya ng espirituwal na katawan ng Panginoong Jesus at pagpapahintulot sa kanya na mahawakan ang mga bakas ng pako sa katawan ng Panginoong Jesus, walang paraan na malulutas ng sinuman ang kanyang mga pagdududa at mapangyaring alisin niya ang mga ito. Kaya, mula sa sandaling pinahintulutan ng Panginoong Jesus si Tomas na hawakan ang Kanyang tadyang at hayaan itong mahipo na mayroong mga bakas ng pako, naglaho ang pagdududa ni Tomas, at tunay na nalaman niya na ang Panginoong Jesus ay muling nabuhay, at kinilala at pinaniwalaan niya na ang Panginoong Jesus ang tunay na Cristo at ang Diyos na nagkatawang-tao. Bagaman sa sandaling ito ay hindi na nagduda si Tomas, nawala niya magpakailanman ang pagkakataon na makatagpo si Cristo. Nawala niya magpakailanman ang pagkakataon na makasama Siya, na sumunod sa Kanya, na makilala Siya. Nawala niya ang pagkakataon na magawa siyang perpekto ni Cristo. Ang pagpapakita ng Panginoong Jesus at ang Kanyang mga salita ay nagbigay ng katapusan at ng hatol sa pananampalataya niyaong puno ng mga pagdududa. Ginamit Niya ang Kanyang aktwal na mga salita at mga pagkilos upang sabihin sa mga mapagduda, upang sabihin sa mga naniwala lang sa Diyos sa langit ngunit hindi naniwala kay Cristo: Hindi pinuri ng Diyos ang kanilang paniniwala, ni pinuri Niya ang mga ito para sa kanilang pagsunod sa Kanya habang nagdududa sa Kanya. Ang araw na lubos silang naniwala sa Diyos at kay Cristo ay ang araw lang na natapos na ng Diyos ang Kanyang dakilang gawain. Mangyari pa, ang araw na iyon ay ang araw rin na nabuo ang hatol sa kanilang pagdududa. Ang kanilang saloobin tungo kay Cristo ang tumukoy sa kanilang kapalaran, at nangahulugan ang kanilang matigas na pagdududa na hindi nagbunga ang kanilang pananampalataya, at nangangahulugan ang kanilang katigasan na nawalan ng saysay ang kanilang mga pag-asa. Sapagkat bunga ng mga ilusyon ang kanilang paniniwala sa Diyos sa langit, at ang kanilang pagdududa tungo kay Cristo ay ang kanila talagang tunay na saloobin tungo sa Diyos, kahit na nahawakan nila ang mga bakas ng pako sa katawan ng Panginoong Jesus, wala pa ring silbi ang kanilang pananampalataya at mailalarawan lang ang kanilang kahihinatnan bilang pagsalok ng tubig gamit ang isang basket na kawayan—lahat ay walang saysay. Ang sinabi ng Panginoong Jesus kay Tomas ay napakalinaw rin na Kanyang paraan ng pagsasabi sa bawat isang tao: Ang Panginoong Jesus na muling nabuhay ay ang Panginoong Jesus, na gumugol ng tatlumpu't tatlo at kalahating taon na gumagawa sa gitna ng sangkatauhan. Bagaman napako Siya sa krus at naranasan ang lambak ng anino ng kamatayan, at bagaman naranasan Niya ang muling mabuhay, hindi Siya sumailalim sa anumang pagbabago sa anumang aspeto. Bagaman mayroon na Siya ngayong mga bakas ng pako sa Kanyang katawan, at bagaman muli Siyang nabuhay at lumabas mula sa libingan, ang Kanyang disposisyon, ang Kanyang pagkaunawa sa sangkatauhan, at ang Kanyang mga layunin tungo sa sangkatauhan ay hindi nagbago kahit na kaunti. Gayundin, sinasabi Niya sa mga tao na bumaba Siya mula sa krus, napagtagumpayan ang kasalanan, napagtagumpayan ang mga paghihirap, at

napagtagumpayan ang kamatayan. Ang mga bakas ng pako ay ang katunayan lang ng Kanyang tagumpay kay Satanas, katunayan ng pagiging isang handog para sa kasalanan upang matagumpay na matubos ang buong sangkatauhan. Sinasabi Niya sa mga tao na inako na Niya ang mga kasalanan ng sangkatauhan at natapos na Niya ang Kanyang gawain ng pagtubos. Nang bumalik Siya upang makita ang Kanyang mga disipulo, sinabi Niya sa kanila ang mensaheng ito sa pamamagitan ng Kanyang pagpapakita: “Ako ay buhay pa rin, umiiral pa rin Ako; sa araw na ito ay talagang nakatayo Ako sa inyong harapan nang makita at mahawakan ninyo Ako. Ako ay palaging sasainyo.” Ninais din ng Panginoong Jesus na gamitin ang kaso ni Tomas bilang isang babala para sa mga tao sa hinaharap: Bagaman hindi mo nakikita ni nahahawakan ang Panginoong Jesus sa iyong pananampalataya sa Kanya, pinagpala ka dahil sa iyong tunay na pananampalataya, at makikita mo ang Panginoong Jesus dahil sa iyong tunay na pananampalataya, at pinagpala ang ganitong uri ng tao.

Ang mga salitang ito na naitala sa Bibliya na sinabi ng Panginoong Jesus nang Siya ay magpakita kay Tomas ay malaking tulong sa lahat ng tao sa Kapanahunan ng Biyaya. Ang Kanyang pagpapakita kay Tomas at ang mga salitang sinabi Niya rito ay mayroong malaking epekto sa sumunod na mga salinlahi, taglay ng mga ito ang walang hanggang kahalagahan. Kumakatawan si Tomas sa isang uri ng tao na naniniwala sa Diyos subalit pinagdududahan ang Diyos. Sila ay likas na mapagduda, may masasamang puso, mga mapandaya, at hindi naniniwala sa mga bagay na kayang gawin ng Diyos. Hindi sila naniniwala sa walang hanggang kapangyarihan ng Diyos at sa Kanyang kataas-taasang kapangyarihan, at hindi rin sila naniniwala sa Diyos na nagkatawang-tao. Gayunpaman, ang muling pagkabuhay ng Panginoong Jesus ay tahasang sumasalungat sa mga katangiang ito na mayroon sila, at nagbigay rin ito ng pagkakataon sa kanila upang matuklasan ang kanilang sariling pagdududa, upang makilala ang kanilang sariling pagdududa, at upang makilala ang kanilang sariling kataksilan, sa gayon ay tunay na maniwala sa pag-iral at sa muling pagkabuhay ng Panginoong Jesus. Ang nangyari kay Tomas ay isang babala at isang pag-iingat para sa susunod na mga salinlahi upang mas maraming tao ang makapagbababala sa kanilang mga sarili na huwag maging mapagduda gaya ni Tomas, at na kung punuin nila ang kanilang mga sarili ng pagdududa, lulubog sila sa kadiliman. Kung sumusunod ka sa Diyos, ngunit gaya lang ni Tomas, na laging ninanais na mahawakan ang tadyang ng Panginoon at madama ang Kanyang mga bakas ng pako upang makatiyak, upang mapatunayan, upang magpalagay kung umiiral ba o hindi ang Diyos, tatalikdan ka ng Diyos. Kaya, hinihingi ng Panginoong Jesus sa mga tao na huwag maging gaya ni Tomas, pinaniniwalaan lang kung ano ang kanilang nakikita sa kanilang sariling mga mata, bagkus ay maging dalisay, tapat na tao, na huwag magkimkim ng mga pagdududa tungo sa Diyos, bagkus ay manampalataya at sumunod lang sa Kanya. Pinagpala ang mga taong gaya nito. Isang napakaliit na hinihingi ito ng Panginoong Jesus sa mga tao, at isang babala ito para sa Kanyang mga tagasunod.

Ang nasa itaas ay ang saloobin ng Panginoong Jesus tungo sa mga puno ng pagdududa. Kung gayon ay ano naman ang sinabi at ginawa ng Panginoong Jesus sa mga nagagawang tapat na maniwala at sumunod sa Kanya? Ito ang susunod nating titingnan, sa pamamagitan ng isang pag-uusap sa pagitan ng Panginoong Jesus at ni Pedro.

Sa pag-uusap na ito, paulit-ulit na tinanong ng Panginoong Jesus si Pedro ng isang bagay: “Simon, anak ni Juan, Iniibig mo бага Ako?” Ito ay mas mataas na pamantayang hiningi ng Panginoong Jesus mula sa mga taong gaya ni Pedro pagkatapos ng Kanyang muling pagkabuhay na, na tunay na naniniwala kay Cristo at nagsisikap na ibigin ang Panginoon. Ang tanong na ito ay isang uri ng pagsisiyasat at pag-uusisa, ngunit higit pa rito, ito ay isang hinihingi at inaasahan sa mga taong gaya ni Pedro. Ginamit ng Panginoong Jesus ang pamamaraang ito ng pagtatanong nang makapagbulay-bulay ang mga tao sa kanilang mga sarili at masuri ang kanilang mga sarili at magtanong: Ano ang mga hinihingi ng Panginoong Jesus sa mga tao? Mahal ko ba ang Panginoon? Isa ba akong tao na umiibig sa Diyos? Paano ko dapat ibigin ang Diyos? Kahit na itinanong lang ng Panginoong Jesus ang katanungang ito kay Pedro, ang totoo ay sa Kanyang puso, sa pamamagitan ng pagtatanong kay Pedro ng mga katanungang ito, ninais Niyang gamitin ang pagkakataong ito upang itanong ang ganitong parehong uri ng katanungan sa mas maraming tao na naghahangad na ibigin ang Diyos. Pinagpala nga lang si Pedro na magsilbing kinatawan ng ganitong uri ng tao, na tumanggap ng pagtatanong na ito mula sa sariling bibig ng Panginoong Jesus.

Kung ihahambing sa sumusunod na mga salita, na sinabi ng Panginoong Jesus kay Tomas pagkatapos ng Kanyang muling pagkabuhay: “Idaiti mo rito ang iyong kamay, at isuot mo ito sa Aking tagiliran: at huwag kang mawalan ng pananampalataya, kundi maniwala,” ang Kanyang tatlong ulit na pagtatanong kay Pedro: “Simon anak ni Juan, Iniibig mo бага Ako?” ay nagpapahintulot sa mga tao na madama nang mas mabuti ang pagiging istrikto ng saloobin ng Panginoong Jesus, at ang pagmamadali na Kanyang nadama sa panahon ng Kanyang pagtatanong. Pagdating sa mapagdudang si Tomas, dahil sa kanyang mapanlinlang na kalikasan, pinahintulutan siya ng Panginoong Jesus na idaiti ang kanyang kamay at hawakan ang mga bakas ng pako sa Kanyang katawan, na nagtulot sa kanyang maniwala na ang Panginoong Jesus ay ang Anak ng tao na muling nabuhay, at kilalanin ang pagkakakilanlan ng Panginoong Jesus bilang Cristo. At bagaman hindi mabagsik na pinagsabihan ng Panginoong Jesus si Tomas, at hindi rin Niya ipinahayag sa salita ang anumang malinaw na paghatol sa kanya, gayunman ay gumamit Siya ng praktikal na mga pagkilos upang ipabatid kay Tomas na naunawaan Niya siya, habang ipinakikita rin ang Kanyang saloobin at pagpapasya sa gayong uri ng tao. Ang mga hinihingi at mga inaasahan ng Panginoong Jesus sa gayong uri ng tao ay hindi makikita mula sa sinabi Niya, sapagkat ang mga taong gaya ni Tomas ay wala talaga ni katiting na tunay na pananampalataya. Ang mga hinihingi ng Panginoong Jesus sa kanila ay hanggang doon lang, ngunit ang saloobin na Kanyang inihayag sa mga

taong gaya ni Pedro ay lubos na naiiba. Hindi Niya hiningi na idaiti ni Pedro ang kanyang kamay at hawakan ang Kanyang mga marka ng pako, ni sinabi Niya kay Pedro: “Huwag kang mawalan ng pananampalataya, kundi maniwala.” Sa halip, paulit-ulit Niyang itinanong ang iisang katanungan kay Pedro. Nakapupukaw ng kaisipan at makahulugan ang katanungan, isang katanungan na hindi maiiwasang magdulot, sa bawat tagasunod ni Cristo na makadama ng pagsisisi at ng takot, subalit para maramdaman din ang balisa, malungkot na lagay ng loob ng Panginoong Jesus. At kapag sila ay nasa matinding kalungkutan at pagdurusa, magagawa nilang mas maunawaan ang pag-aalala ng Panginoong Jesucristo at ang Kanyang pagmamalasakit; kanilang mapagtatanto ang Kanyang taimtim na aral at ang mahigpit na mga hinihingi sa dalisay, tapat na mga tao. Ang katanungan ng Panginoong Jesus ang nagpahintulot sa mga tao na madama na ang mga inaasahan ng Panginoon sa mga tao na nahayag sa simpleng mga salitang ito ay hindi lang upang sumampalataya at sumunod sa Kanya, bagkus ay matamo ang pagkakaroon ng pag-ibig, na iniibig ang iyong Panginoon at ang iyong Diyos. Ang ganitong uri ng pag-ibig ay mapagmalasakit at mapagpasakop. Ito ay mga taong nabubuhay para sa Diyos, namamatay para sa Diyos, iniaalay ang lahat sa Diyos, at gumugugol at ibinibigay ang lahat para sa Diyos. Ang ganitong uri ng pag-ibig ay nagbibigay rin ng kaaliwan sa Diyos, nagtutulot sa Kanya na matamasa ang patotoo at makapagpahinga. Ito ang kabayaran ng sangkatauhan sa Diyos, ang pananagutan, obligasyon at tungkulin ng tao, at ito ay isang daan na dapat sundan ng mga tao sa buong buhay nila. Ang tatlong katanungang ito ay isang hinihingi at isang pagpapayo na ginawa ng Panginoong Jesus kay Pedro at sa lahat ng tao na gagawing perpekto. Ang tatlong katanungang ito ang umakay at nag-udyok kay Pedro na sundin ang kanyang landas sa buhay hanggang sa huli, at ang mga katanungang ito sa paglisan ng Panginoong Jesus ang umakay kay Pedro na simulan ang kanyang landas ng pagiging nagawang perpekto, na umakay sa kanya, dahil sa kanyang pag-ibig para sa Panginoon, upang magmalasakit sa puso ng Panginoon, upang sundin ang Panginoon, upang maghandog ng kaaliwan sa Panginoon, at upang ihandog ang kanyang buong buhay at ang kanyang buong sarili dahil sa pag-ibig na ito.

Sa Kapanahunan ng Biyaya, ang gawain ng Diyos ay pangunahing para sa dalawang uri ng mga tao. Ang una ay ang uri ng tao na sumampalataya at sumunod sa Kanya, na makasusunod sa Kanyang mga utos at makapagpapasan ng krus, at kayang kumapit sa daan tungo sa Kapanahunan ng Biyaya. Makakamit ng ganitong uri ng tao ang pagpapala ng Diyos at matatamasa ang biyaya ng Diyos. Ang ikalawang uri ng tao ay gaya ni Pedro, isang tao na magagawang perpekto. Kaya, pagkatapos na muling mabuhay ng Panginoong Jesus, ginawa Niya muna ang dalawang pinaka-makahulugang bagay na ito. Ang isa ay ginawa kay Tomas, ang isa ay kay Pedro. Ano ang kinakatawan ng dalawang bagay na ito? Kinakatawan ba ng mga ito ang tunay na mga layunin ng Diyos sa pagliligtas sa sangkatauhan? Kinakatawan ba ng mga ito ang sinseridad ng Diyos tungo sa sangkatauhan? Ang gawain na ginawa Niya kay Tomas ay upang balaan

ang mga tao na huwag maging mapagduda, bagkus ay maniwala lang. Ang gawain na ginawa Niya kay Pedro ay upang patatagin ang pananampalataya ng mga taong gaya ni Pedro, at upang linawin ang mga hinihingi Niya sa ganitong uri ng tao, upang ipakita kung anong mga mithiin ang dapat nilang hangarin.

Pagkatapos na muling mabuhay ng Panginoong Jesus, nagpakita Siya sa mga taong inisip Niyang kinakailangan, nakipag-usap sa kanila, at gumawa ng mga hinihingi sa kanila, isinantabi ang Kanyang mga layunin at mga inaasahan sa mga tao. Ibig sabihin, bilang Diyos na nagkatawang-tao, hindi nagbago kailanman ang Kanyang malasakit sa sangkatauhan at ang mga hinihingi sa mga tao; nanatili itong pareho noong nasa katawang-tao pa Siya at noong nasa espirituwal na katawan na Siya matapos mapako sa krus at muling mabuhay. Nag-aalala Siya sa mga disipulong ito bago Siya itinaas sa krus, at sa Kanyang puso ay malinaw sa Kanya ang kalagayan ng bawat isang tao at naunawaan Niya ang pagkukulang ng bawat isang tao at, mangyari pa, ang Kanyang pagkaunawa sa bawat isang tao pagkatapos Niyang mamatay, muling mabuhay, at maging isang espirituwal na katawan ay gaya pa rin ng dati nang Siya ay nasa katawang-tao pa. Alam Niya na ang mga tao ay hindi lubos na nakatitiyak sa Kanyang pagkakakilanlan bilang Cristo, ngunit sa Kanyang panahon sa katawang-tao hindi Siya gumawa ng mahigpit na mga hinihingi sa mga tao. Gayunpaman, pagkatapos Niyang muling mabuhay, nagpakita Siya sa kanila, at ginawa Niya silang lubusang nakatitiyak na ang Panginoong Jesus ay nagmula sa Diyos at na Siya ang Diyos na nagkatawang-tao, at ginamit Niya ang katunayan ng Kanyang pagpapakita at ng Kanyang muling pagkabuhay bilang pinakadakilang pangitain at motibasyon sa habambuhay na paghahangad ng sangkatauhan. Ang Kanyang muling pagkabuhay mula sa kamatayan ay hindi lang nagpatibay sa lahat ng sumunod sa Kanya, bagkus ay ganap ding ipinatupad nito ang Kanyang gawain ng Kapanahunan ng Biyaya sa gitna ng sangkatauhan, at sa gayon ang ebanghelyo ng pagliligtas ng Panginoong Jesus sa Kapanahunan ng Biyaya ay unti-unting lumaganap sa bawat sulok ng sangkatauhan. Masasabi mo ba na may anumang kahalagahan ang pagpapakita ng Panginoong Jesus pagkatapos ng Kanyang muling pagkabuhay? Kung ikaw ay si Tomas o si Pedro sa panahong iyon, at nakaharap mo ang isang bagay na ito sa iyong buhay na totoong napakamakahulugan, anong uri ng epekto ang idudulot nito sa iyo? Makikita mo ba ito bilang pinakamaganda at pinakadakilang pangitain sa iyong buhay ng paniniwala sa Diyos? Makikita mo ba ito bilang isang puwersa na nagtutulak sa iyo sa iyong pagsunod sa Diyos, sa pagsisikap na mapalugod Siya, at sa paghahangad na ibigin ang Diyos sa buong buhay mo? Gugugol ka kaya ng isang habambuhay na pagsisikap upang ipalaganap ang pinakadakilang pangitaing ito? Tatanggapin mo kaya ang pagpapalaganap ng pagliligtas ng Panginoong Jesus bilang isang tagubiling mula sa Diyos? Kahit na hindi pa ninyo nararanasan ito, ang dalawang halimbawa nina Tomas at Pedro ay sapat na para sa makabagong mga tao na magkamit ng isang malinaw na pagkaunawa sa Diyos at sa Kanyang kalooban. Masasabi na matapos maging tao ng

Diyos, matapos Niyang personal na maranasan ang buhay sa gitna ng sangkatauhan at personal na maranasan ang buhay ng tao, at matapos Niyang makita ang kabulukan ng sangkatauhan at ang kalagayan ng buhay ng tao sa panahong iyon, naramdaman nang mas mabuti ng Diyos sa katawang-tao kung gaano kawalang-kaya, kahapis-hapis, at kahabag-habag ang sangkatauhan. Nagkaroon ang Diyos ng higit pang pakikiramay para sa kalagayan ng tao dahil sa Kanyang pagkatao na taglay Niya habang nabubuhay sa katawang-tao, dahil sa likas na pag-uugali ng Kanyang katawang-tao. Ito ang umakay sa Kanya upang magkaroon ng mas malaking malasakit para sa Kanyang mga tagasunod. Ang mga ito marahil ay mga bagay na hindi ninyo nauunawaan, ngunit mailalarawan Ko itong pangamba at pagmamalasakit na nadama ng Diyos sa katawang-tao para sa bawat isa sa Kanyang mga tagasunod gamit lang ang dalawang salita: “matinding pagmamalasakit.” Kahit na nanggagaling ang terminong ito mula sa wikang pantao, at bagaman talagang pantao ito, tunay nitong ipinapahayag at inilalarawan ang mga damdamin ng Diyos para sa Kanyang mga tagasunod. Tungkol naman sa matinding malasakit ng Diyos para sa mga tao, sa pagdaan ng panahon ng inyong mga karanasan ay unti-unti ninyong madarama at mararanasan ito. Gayunpaman, matatamo lang ito sa unti-unting pagkaunawa sa disposisyon ng Diyos sa batayan ng paghahangad ng pagbabago sa sariling disposisyon. Nang ginawa ng Panginoong Jesus ang pagpapakitang ito, naging sanhi ito na magkatotoo ang Kanyang matinding pagmamalasakit para sa Kanyang mga tagasunod sa pagkatao at maipasa sa Kanyang espirituwal na katawan, o masasabi, sa Kanyang pagka-Diyos. Ang Kanyang pagpapakita ang nagpahintulot sa mga tao na minsan pang maranasan at madama ang malasakit at pangangalaga ng Diyos samantalang pinatutunayan din nang buong kapangyarihan na ang Diyos ay ang Isa na nagpapasimula ng isang kapanahunan, na nagbubukas sa isang kapanahunan, at Siya ring nagtatapos sa isang kapanahunan. Sa pamamagitan ng Kanyang pagpapakita, pinatibay Niya ang pananampalataya ng lahat ng tao at pinatunayan sa mundo ang katotohanan na Siya ang Diyos Mismo. Ibinigay nito sa Kanyang mga tagasunod ang walang hanggang pagpapatibay, at sa pamamagitan ng Kanyang pagpapakita ay sinimulan din Niya ang isang yugto ng Kanyang gawain sa bagong kapanahunan.

13. Si Jesus ay Kumain ng Tinapay at Ipinaliwanag ang mga Kasulatan Pagkatapos ng Kanyang Muling Pagkabuhay

Lucas 24:30–32 At nangyari, nang Siya’y nakaupo na kasalo nila sa dulang ng pagkain, ay Kanyang dinampot ang tinapay at binasbasan; at ito’y pinagputol-putol, at ibinigay sa kanila. At nangabuksan ang kanilang mga mata, at Siya’y nakilala nila; at Siya’y nawala sa kanilang mga paningin. At sila-sila’y nangagsabihan, “Hindi бага nag-aalab ang ating puso sa loob natin, habang tayo’y kinakausap Niya sa daan, at habang binubuksan Niya sa atin ang mga kasulatan?”

14. Binigyan ng mga Disipulo si Jesus ng Inihaw na Isda Upang Kainin

Lucas 24:36–43 At samantalang kanilang pinag-uusapan ang mga bagay na ito, Siya rin ay tumayo sa gitna nila, at sa kanila'y nagsabi, "Kapayapaa'y sumainyo." Datapuwat sila'y kinilabutan, at nangahintakutan, at inakala nila na nakakakita sila ng isang espiritu. At sinabi Niya sa kanila, "Bakit kayo'y nangagugulumihanan? At bakit nangyayari ang pagtatalo sa inyong puso? Tingnan ninyo ang Aking mga kamay at ang Aking mga paa, na Ako nga ito: hipuin ninyo Ako, at tingnan; sapagkat ang isang espiritu'y walang laman at mga buto, na gaya ng inyong nakikita na nasa Akin." At pagkasabi Niya nito, ay ipinakita Niya sa kanila ang Kanyang mga kamay at ang Kanyang mga paa. At samantalang hindi pa sila nagsisisampalataya dahil sa galak, at nagsisipanggilalas, ay sinabi Niya sa kanila, "Mayroon бага kayo ritong anumang makakain? At binigyan nila Siya ng isang putol na isdang inihaw, at ng pulot-pukyutan." At Kanyang inabot yaon, at kumain sa harap nila.

Sunod, titingnan natin ang mga talata ng kasulatan sa itaas. Ang unang sipi ay isang pagsasalaysay tungkol sa Panginoong Jesus na kumakain ng tinapay at ipinaliliwanag ang mga kasulatan pagkatapos ng Kanyang muling pagkabuhay, at ang ikalawang talata ay isang pagsasalaysay tungkol sa Panginoong Jesus na kumakain ng isdang inihaw. Paano nakatutulong ang dalawang talatang ito na makilala ang disposisyon ng Diyos? Maiisip ba ninyo ang uri ng larawan na makukuha ninyo mula sa mga paglalarawang ito sa Panginoong Jesus na kumakain ng tinapay at pagkatapos ay ng inihaw na isda? Maiisip ba ninyo, kung ang Panginoong Jesus ay nakatayo sa harapan ninyo na kumakain ng tinapay, ano kaya ang maaaring naramdaman ninyo? O kung Siya ay kumakaing kasama ninyo sa iisang mesa, kumakain ng isda at tinapay kasama ng mga tao, anong uri ng damdamin ang magkakaroon ka sa sandaling iyon? Kung mararamdaman mong napakalapit mo sa Panginoon, na Siya ay napakatalik sa iyo, tama ang pakiramdam na ito. Ito mismo ang bunga na ninais idulot ng Panginoong Jesus sa pagkain ng tinapay at ng isda sa harap ng mga taong nagtipon matapos Siyang muling mabuhay. Kung ang Panginoong Jesus ay nagsalita lang sa mga tao pagkatapos ng Kanyang muling pagkabuhay, kung hindi nila nadama ang Kanyang laman at mga buto, bagkus ay nadama na Siya ay isang hindi maabot na Espiritu, ano kaya ang naramdaman nila? Hindi ba sila mabibigo? Sa pagkadama ng pagkabigo, hindi ba madarama ng mga tao na sila ay iniwanan? Hindi ba nila madarama ang agwat sa pagitan ng kanilang mga sarili at ng Panginoong Jesucristo? Ano kayang uri ng negatibong epekto ang malilikha ng agwat na ito sa kaugnayan ng mga tao sa Diyos? Tiyak na natakot sana ang mga tao, na hindi sila nangahas na lumapit sa Kanya, at sa gayon ay nagkaroon sana sila ng saloobin na panatilihin Siya sa malayo. Magmula noon, pinutol na sana nila ang kanilang malapit na ugnayan sa Panginoong Jesucristo at nagbalik sa isang ugnayan sa pagitan ng sangkatauhan at ng Diyos na nasa itaas ng langit gaya ng dati bago ang Kapanahunan ng Biyaya. Ang espirituwal na katawan na hindi nahahawakan o nadarama ng mga tao ay nagdulot sana ng paglalaho ng kanilang

pagiging malapit sa Diyos, at naging sanhi rin sana ito na ang malapit na ugnayang iyon, na itinatag sa panahon na ang Panginoong Jesucristo ay nasa katawang-tao, na walang agwat sa pagitan Niya at ng mga tao, na tumigil sa pag-iral. Ang tanging mga bagay na napukaw sa mga tao ng espirituwal na katawan ay mga damdamin ng takot, pag-iwas, at isang walang imik na pagtitig. Hindi sana sila nangahas na lumapit o makipag-usap sa Kanya, lalo na ang sumunod, magtiwala, o tumingala sa Kanya. Hindi ninais ng Diyos na makita ang ganitong uri ng damdaming mayroon ang mga tao para sa Kanya. Ayaw Niyang makita ang mga tao na iniwasan Siya o inilalayo ang kanilang mga sarili mula sa Kanya; ninais lang Niya na maunawaan Siya ng mga tao, na lumapit sa Kanya, at maging Kanyang pamilya. Kung ang iyong sariling pamilya, ang iyong mga anak, ay nakita ka ngunit hindi ka nakilala, at hindi nangahas na lumapit sa iyo bagkus ay palaging umiiwas sa iyo, kung hindi mo magawang makamit ang kanilang pagkaunawa sa lahat ng iyong ginawa para sa kanila, ano kaya ang mararamdaman mo? Hindi ba ito magiging masakit? Hindi ba madudurog ang iyong puso? Iyan mismo ang nadarama ng Diyos kapag iniwasan Siya ng mga tao. Kaya, pagkatapos ng Kanyang muling pagkabuhay, nagpakita pa rin ang Panginoong Jesus sa mga tao sa Kanyang anyo ng laman at dugo, at kumain at uminom pa ring kasama nila. Itinuturing ng Diyos na pamilya ang mga tao, at nais din ng Diyos na makita Siya ng sangkatauhan bilang ang Isa na pinakamamahal nila; sa ganitong paraan lang tunay na makakamit ng Diyos ang mga tao, at sa ganitong paraan lang tunay na maiibig at masasamba ng mga tao ang Diyos. Ngayon, nauunawaan ba ninyo ang Aking layunin sa pagkuha sa dalawang talatang ito ng kasulatan kung saan ang Panginoong Jesus ay kumakain ng tinapay at ipinaliliwanag ang mga kasulatan pagkatapos ng Kanyang muling pagkabuhay, at kung saan binigyan Siya ng mga disipulo ng inihaw na isda para kainin?

Masasabi na taimtim na kaisipan ang inilagak sa sunud-sunod na mga bagay na sinabi at ginawa ng Panginoong Jesus pagkatapos ng Kanyang muling pagkabuhay. Ang mga bagay na ito ay puno ng kabutihan at pagmamahal na pinanghawakan ng Diyos tungo sa sangkatauhan, at puno rin ng pagtatangi at mabusising pangangalaga na mayroon Siya para sa malapit na ugnayang naitatag Niya sa sangkatauhan sa panahong nasa katawang-tao pa Siya. Bukod pa rito, puno ang mga ito ng pananabik sa nakaraan at ng pag-aasam na nadama Niya para sa Kanyang buhay na kumakain at namumuhay kasama ng Kanyang mga tagasunod sa panahong nasa katawang-tao pa Siya. Kaya, hindi nais ng Diyos na makadama ang mga tao ng distansya sa pagitan ng Diyos at ng tao, ni ninais Niyang ilayo ng sangkatauhan ang kanilang mga sarili mula sa Diyos. Higit pa rito, hindi Niya nais na madama ng sangkatauhan na ang Panginoong Jesus pagkatapos ng Kanyang muling pagkabuhay ay hindi na ang Panginoon na naging napakalapit sa mga tao, na hindi na Siya kasama ng sangkatauhan sapagkat nagbalik na Siya sa espirituwal na daigdig, nagbalik na sa Ama na hindi kailanman makikita o maabot ng mga tao. Ayaw Niyang madama ng mga tao na may anumang umusbong na pagkakaiba sa katayuan sa pagitan Niya at ng sangkatauhan. Kapag

nakikita ng Diyos ang mga tao na nais sumunod sa Kanya ngunit pinananatili Siya sa malayo, nagdurusa ang Kanyang puso sapagkat nangangahulugan iyon na napakalayo ng kanilang mga puso sa Kanya at na magiging napakahirap para sa Kanya na makamit ang kanilang mga puso. Kaya kung Siya ay nagpakita sa mga tao sa isang espirituwal na katawan na hindi nila nakikita o nahahawakan, muli sana nitong inilayo ang tao mula sa Diyos, at maaaring umakay ito sa sangkatauhan na magkamaling makita si Cristo pagkatapos ng Kanyang muling pagkabuhay bilang naging napakatayog, na naiiba ang uri kaysa sa mga tao, at isang hindi na makikisalo sa mesa at kakain kasama ng tao sapagkat ang mga tao ay makasalanan, marumi, at hindi kailanman magiging malapit sa Diyos. Upang maalís ang ganitong maling mga pagkaunawa ng sangkatauhan, nagsagawa ang Panginoong Jesus ng ilang bagay na dati Niyang ginagawa sa katawang-tao, gaya nang nakatala sa Bibliya: “Kanyang dinampot ang tinapay at binasbasan; at ito’y pinagputol-putol, at ibinigay sa kanila.” Ipinaliwanag din Niya ang mga kasulatan sa kanila, gaya ng nakagawian Niya dati. Ang lahat ng ito na ginawa ng Panginoong Jesus ang nagpadama sa bawat taong nakakita sa Kanya na ang Panginoon ay hindi nagbago, na Siya pa rin ang dating Panginoong Jesus. Bagaman ipinako Siya sa krus at nakaranas ng kamatayan, Siya ay muling nabuhay, at hindi iniwanan ang sangkatauhan. Nagbalik Siya upang makasama ang mga tao, at walang nagbagong anuman sa Kanya. Ang Anak ng tao na nakatayo sa harapan ng mga tao ay ang dati pa ring Panginoong Jesus. Ang Kanyang pagkilos at ang Kanyang paraan ng pakikipag-usap sa mga tao ay napakapamilyar. Puno pa rin Siya ng kagandahang-loob, biyaya, at pagpaparaya—Siya pa rin ang dating Panginoong Jesus na minahal ang iba gaya ng pagmamahal Niya sa Kanyang sarili, na kayang magpatawad sa sangkatauhan ng pitumpu’t pitong ulit. Gaya ng dati, kumain Siyang kasalo ng mga tao, tinalakay ang mga kasulatan kasama nila, at higit pang mas mahalaga, gaya noong una, Siya ay binubuo ng laman at dugo at mahahawakan at makikita. Ang Anak ng tao na gaya ng dati ang nagpahintulot sa mga tao na madama ang matalik na ugnayan, na maging panatag, at na madama ang kagalakan ng muling pagkakamit ng isang bagay na matagal nang nawala. Nang may malaking kapanatagan, buong tapang at buong pagtitiwala silang nagsimulang umasa at tumingala sa Anak ng tao na ito na kayang magpatawad sa mga kasalanan ng sangkatauhan. Nagsimula rin silang manalangin sa ngalan ng Panginoong Jesus nang walang pag-aalinlangan, na manalangin upang matamo ang Kanyang biyaya, ang Kanyang pagpapala, at upang matamo ang kapayapaan at ang kagalakang mula sa Kanya, upang makamit ang pangangalaga at pag-iingat mula sa Kanya, at nagsimula silang magpagaling ng may sakit at magpalayas ng mga demonyo sa ngalan ng Panginoong Jesus.

Sa panahong gumawa ang Panginoong Jesus sa katawang-tao, karamihan sa Kanyang mga tagasunod ay hindi magawang ganap na matiyak ang Kanyang pagkakakilanlan at ang mga bagay na sinabi Niya. Nang papalapit na Siya sa krus, ang saloobin ng Kanyang mga tagasunod ay ang magmasid. Pagkatapos, mula nang

ipinako Siya sa krus hanggang sa inilagak Siya sa libingan, ang saloobin ng mga tao tungo sa Kanya ay pagkabigo. Sa panahong ito, nagsimula nang kumilos ang mga tao sa kanilang mga puso mula sa pagdududa sa mga bagay na sinabi ng Panginoong Jesus sa Kanyang panahon sa katawang-tao tungo sa lubusang pagkakaila sa mga ito. Pagkatapos, nang lumabas Siya mula sa libingan at nagpakita sa mga tao isa-isa, ang karamihan sa mga nakakita sa Kanya sa kanilang sariling mga mata o nakarinig sa balita ng Kanyang muling pagkabuhay ay unti-unting nagbago ng kanilang saloobin mula sa pagkakaila tungo sa pag-aalinlangan. Noon lang pinahintulutan ng Panginoong Jesus na ilagay ni Tomas ang kanyang kamay sa Kanyang tagiliran, at noong nagputol-putol Siya ng tinapay at kinain ito sa harap ng madla pagkatapos ng Kanyang muling pagkabuhay at nagpatuloy upang kumain ng inihaw na isda sa harap nila, na tunay nilang natanggap ang katotohanan na ang Panginoong Jesus ang Cristo sa katawang-tao. Masasabi na parang ang espirituwal na katawang ito ng laman at dugo na nakatayo noon sa harap ng mga taong iyon ay ginigising ang bawat isa sa kanila mula sa isang panaginip: Ang Anak ng tao na nakatayo sa harapan nila ay ang Isa na umiiral na mula't sapol. Mayroon Siyang anyo, at laman at mga buto, at namuhay at kumain na Siyang kasama ng sangkatauhan sa mahabang panahon.... Sa panahong ito, naramdaman ng mga tao na ang Kanyang pag-iral ay talagang totoo, at tunay na nakamamangha. Kasabay nito, sila rin ay talagang nagagalak at masaya, at puno ng emosyon. Ang Kanyang muling pagpapakita ang nagpahintulot sa mga tao na tunay na makita ang Kanyang pagpapakumbaba, na madama ang Kanyang pagiging malapit at pagkagiliw sa sangkatauhan, at na madama kung gaano Niya iniisip ang mga ito. Ang maigsing muling-pagkikitang ito ang nagdulot sa mga taong nakakita sa Panginoong Jesus na madama na parang isang habambuhay na ang nakalipas. Ang kanilang naliligaw, nalilito, natatakot, nababalisa, naghahangad at manhid na mga puso ay nakasumpong ng kaaliwan. Hindi na sila nagdududa o bigo, sapagkat naramdaman nila na ngayon ay mayroon nang pag-asa at isang bagay na maaasahan. Ang Anak ng tao na nakatayo noon sa kanilang harapan ay magiging kanilang bantay sa likuran magpakailanman; Siya ang kanilang magiging matibay na moog, kanilang kanlungan magpakailanman.

Bagaman muling nabuhay ang Panginoong Jesus, hindi iniwanan ng Kanyang puso at ng Kanyang gawain ang sangkatauhan. Sa pagpapakita sa mga tao, sinabi Niya sa kanila na sa anumang anyo Siya umiiral, sasamahan Niya ang mga tao, lalakad kasama nila, at sasakanila sa lahat ng oras at sa lahat ng dako. Sinabi Niya sa kanila na sa lahat ng oras at sa lahat ng dako ay magtutustos Siya sa sangkatauhan at magpapastol sa kanila, tutulutan silang makita at mahawakan Siya, at titiyakin na hindi na nila kailanman mararamdaman ang kawalang-pag-asa. Ninais din ng Panginoong Jesus na malaman ng mga tao na hindi sila nabubuhay nang mag-isa sa mundong ito. Ang sangkatauhan ay may pagmamalasakit ng Diyos; kasama nila ang Diyos. Palagi silang makaaasa sa Diyos, at Siya ay pamilya ng bawat isa sa Kanyang mga tagasunod. Nang may Diyos na masasandalan, hindi na magiging malungkot o

mawawalang-pag-asa ang sangkatauhan, at yaong tumatanggap sa Kanya bilang kanilang handog para sa kasalanan ay hindi na matatali sa kasalanan. Sa mga mata ng tao, ang mga bahaging ito ng Kanyang gawain na isinakatuparan ng Panginoong Jesus pagkatapos ng Kanyang muling pagkabuhay ay masyadong maliliit na bagay, ngunit sa tingin Ko rito, ang bawat isang bagay na ginawa Niya ay lubhang makahulugan, napakahalaga, lubhang importante at punung-puno ng kahalagahan.

Bagaman ang panahon ng paggawa ng Panginoong Jesus sa katawang-tao ay puno ng mga paghihirap at pagdurusa, nagawa Niya nang ganap at perpekto ang Kanyang gawain sa panahong iyon sa katawang-tao na tubusin ang sangkatauhan sa pamamagitan ng Kanyang pagpapakita sa Kanyang espirituwal na katawan ng laman at dugo. Sinimulan Niya ang Kanyang ministeryo sa pagiging-tao, at tinapos Niya ang Kanyang ministeryo sa pagpapakita sa sangkatauhan sa Kanyang anyo sa laman. Ipinahayag Niya ang Kapanahunan ng Biyaya, sinimulan ang bagong kapanahunan sa pamamagitan ng Kanyang pagkakakilanlan bilang Cristo. Sa pamamagitan ng Kanyang pagkakakilanlan bilang Cristo, isinakatuparan Niya ang gawain sa Kapanahunan ng Biyaya at pinatibay at pinangunahan Niya ang lahat ng Kanyang mga tagasunod sa Kapanahunan ng Biyaya. Masasabi sa gawain ng Diyos na tinatapos Niya talaga ang sinisimulan Niya. May mga hakbang at isang plano, at ang gawain ay puno ng Kanyang karunungan, ng Kanyang walang-hanggang kapangyarihan, ng Kanyang kamangha-manghang mga gawa, at ng Kanyang pag-ibig at habag. Mangyari pa, ang pinakadiwa na nagpapatakbo sa lahat ng gawain ng Diyos ay ang Kanyang pangangalaga sa sangkatauhan; ito ay nangingibabaw sa Kanyang mga damdamin ng pag-aalala na hindi Niya maisantabi kailanman. Sa mga talatang ito ng Bibliya, sa bawat isang bagay na ginawa ng Panginoong Jesus pagkatapos ng Kanyang muling pagkabuhay, nabunyag ang hindi nagmamaliw na mga pag-asa at pag-aalala ng Diyos sa sangkatauhan, gayundin ang Kanyang mabusising pangangalaga at pagtatangi sa sangkatauhan. Walang anuman dito ang nagbago kailanman, hanggang sa kasalukuyan—nakikita ba ninyo ito? Kapag nakikita ninyo ito, hindi ba mas napapalapit ang inyong puso sa Diyos nang di-napapansin? Kung kayo ay nabuhay sa kapanahunang iyon at nagpakita sa inyo ang Panginoong Jesus pagkatapos ng Kanyang muling pagkabuhay na sa isang nahahawakang anyo para inyong makita, at kung maupo Siya sa harapan ninyo, kumain ng tinapay at isda at ipinaliwanag ang mga kasulatan sa inyo, at nakipag-usap sa inyo, ano kaya ang mararamdaman ninyo? Masisiyahan ba kayo? O makokonsensiya kayo? Ang nakaraang mga maling pagkaunawa at pag-iwas sa Diyos, ang mga pagsalungat at mga pagdududa sa Diyos—hindi ba basta na lang maglalaho ang lahat ng mga ito? Hindi ba magiging mas normal at angkop ang ugnayan sa pagitan ng Diyos at ng tao?

Sa pagpapakahulugan sa limitadong mga kabanatang ito ng Bibliya, nakasumpong ba kayo ng anumang mga kapintasan sa disposisyon ng Diyos? Nakasumpong ba kayo ng anumang pagbabanto sa pag-ibig ng Diyos? Nakakita ba kayo ng anumang panlilinlang o kasamaan sa walang hanggang kapangyarihan o karunungan ng Diyos?

Siguradong hindi! Ngayon masasabi ba ninyo nang may katiyakan na ang Diyos ay banal? Masasabi ba ninyo nang may katiyakan na ang bawat isa sa mga damdamin ng Diyos ay paghahayag ng Kanyang diwa at disposisyon? Umaasa Ako na pagkatapos ninyong mabasa ang mga salitang ito, ang pagkaunawang nakamit ninyo mula sa mga ito ay makatutulong sa inyo at makapagbibigay sa inyo ng mga pakinabang sa paghahangad ninyo ng pagbabago sa disposisyon at pagkatakot sa Diyos, at na magbubunga ang mga ito sa inyo, bunga na lumalago araw-araw, upang sa proseso ng paghahangad na ito ay mas mapapalapit nang mapapalapit kayo sa Diyos, mas mapapalapit nang mapapalapit sa pamantayang hinihingi ng Diyos. Hindi na kayo maiinip sa paghahangad ng katotohanan at hindi na mararamdaman na ang paghahangad sa katotohanan at sa pagbabago sa disposisyon ay isang napakagulo o isang kalabisang bagay. Sa halip, nang nauudyukan ng pagpapahayag ng tunay na disposisyon ng Diyos at ng banal na diwa ng Diyos, aasamin ninyo ang liwanag, aasamin ang katarungan, nanaisin na hangarin ang katotohanan, na hangarin ang pagpapalugod sa kalooban ng Diyos, at magiging isang taong nakamit ng Diyos, magiging isang totoong tao.

Tinalakay natin sa araw na ito ang tungkol sa ilang bagay na ginawa ng Diyos sa Kapanahunan ng Biyaya nang Siya ay nagkatawang-tao sa unang pagkakataon. Mula sa mga bagay na ito, nakita na natin ang disposisyon na Kanyang ipinahayag at ibinunyag sa katawang-tao, gayundin ang bawat aspeto ng kung anong mayroon at kung ano Siya. Ang lahat ng aspetong ito ng kung anong mayroon at kung ano Siya ay tila talagang nagawang pantao, ngunit ang realidad ay na ang diwa ng lahat ng Kanyang ibinunyag at ipinahayag ay di-maihihiwalay sa Kanyang sariling disposisyon. Bawat pamamaraan at bawat aspeto ng Diyos na nagkatawang-tao na nagpapahayag ng Kanyang disposisyon sa pagkatao ay lubhang nauugnay sa Kanyang sariling diwa. Kaya, napakahalaga na ang Diyos ay dumating sa sangkatauhan sa paraan ng pagkakatawang-tao. Mahalaga rin ang gawain na ginawa Niya sa katawang-tao, subalit higit pang mas mahalaga sa bawat taong nabubuhay sa laman, sa bawat taong nabubuhay sa katiwalian, ay ang mga disposisyon na ibinunyag Niya at ang kalooban na ipinahayag Niya. Ito ba ay isang bagay na kaya ninyong maunawaan? Pagkatapos maunawaan ang disposisyon ng Diyos at kung anong mayroon at kung ano Siya, nakagawa na ba kayo ng anumang mga konklusyon kung paano ninyo dapat tratuhin ang Diyos? Sa wakas, bilang tugon sa katanungang ito, nais Kong bigyan kayo ng tatlong payo: Una, huwag subukin ang Diyos. Gaano man ang iyong nauunawaan tungkol sa Diyos, gaano man karami ang iyong nalalaman tungkol sa Kanyang disposisyon, huwag na huwag mo Siyang subukin. Ikalawa, huwag makipagtunggali para sa katayuan sa Diyos. Anumang uri ng katayuan ang ibinibigay sa iyo ng Diyos o anumang uri ng gawain ang ipinagkakatiwala Niya sa iyo, anumang uri ng tungkulin ang itinataas ka Niya upang isagawa, at gaano man kadami ang iyong ginugol at isinakripisyo para sa Diyos, lubos na huwag makipagtunggali para sa katayuan sa Kanya. Ikatlo, huwag makipagpaligsahan sa Diyos. Nauunawaan mo man o nakapagpapasakop ka man sa

kung ano ang ginagawa ng Diyos sa iyo, kung ano ang isinasaayos Niya para sa iyo, at ang mga bagay na ibinigay Niya sa iyo, lubos na huwag makipagpaligsahan sa Diyos. Kung makasusunod ka sa tatlong payong ito, ikaw ay magiging bahagyang ligtas, at hindi mo basta-basta magagalit ang Diyos. Dito natin tatapusin ang pagbabahagi sa araw na ito.

Nobyembre 23, 2013

Ang Diyos Mismo, ang Natatangi I

Ang Awtoridad ng Diyos (I)

Ang huling ilan Kong pagbabahagi ay tungkol sa gawain ng Diyos, disposisyon ng Diyos, at Diyos Mismo. Pagkatapos marinig ang mga pagbabahaging ito, pakiramdam ba ninyo ay nakatamo kayo ng pagkaunawa at pagkakilala sa disposisyon ng Diyos? Ano ang antas ng pagkaunawa at pagkakilalang natamo ninyo? Masusukat ba ninyo ito? Nagbigay ba sa inyo ang mga pagbabahaging ito ng mas malalim na pagkaunawa sa Diyos? Masasabi kaya na ang pagkaunawang ito ay tunay na pagkakilala sa Diyos? Masasabi kaya na ang pagkakilala at pagkaunawang ito sa Diyos ay pagkakilala sa kabuuang diwa ng Diyos, at sa lahat ng mayroon at kung ano Siya? Hindi, kitang-kita namang hindi! Iyan ay dahil nagbigay lamang ang mga pagbabahaging ito ng pagkaunawa sa bahagi ng disposisyon ng Diyos, at sa kung ano ang mayroon at kung ano Siya—hindi lahat ng ito sa kabuuan nito. Ang mga pagbabahaging ito ay nagpaunawa sa inyo ng bahagi ng gawaing ginawa ng Diyos noon; sa pamamagitan ng mga pagbabahaging ito, nakita ninyo ang disposisyon ng Diyos, at kung ano ang mayroon at kung ano Siya, pati na rin ang pamamaraan at pag-iisip sa likod ng lahat ng Kanyang nagawa. Ngunit isa lamang itong literal at sinasalitang pagkaunawa sa Diyos, at, sa inyong mga puso, nananatili kayong hindi sigurado kung gaano karami rito ang totoo. Ano ang pangunahing nagpapasya kung mayroon bang anumang katotohanan sa pagkaunawa ng mga tao sa mga gayong bagay? Napagpapasyahan ito sa pamamagitan ng kung gaano karami sa mga salita at disposisyon ng Diyos ang tunay nilang naranasan sa kanilang mga aktwal na karanasan, at kung gaano karami ang kanilang nakita at nalaman sa kanilang mga aktwal na karanasan. Mayroon bang sinuman na nakapagsabi ng ganitong mga salita: “Ang ilang huling pagbabahagi ay nagpaunawa sa atin ng mga bagay na ginawa ng Diyos, ang mga iniisip ng Diyos, at bukod diyan, ang saloobin ng Diyos sa sangkatauhan at ang batayan ng Kanyang mga pagkilos, pati na rin ang mga prinsipyo ng Kanyang mga pagkilos. At kaya naunawaan na natin ang disposisyon ng Diyos, at nakilala na ang kabuuan ng Diyos”? Tama bang sabihin ito? Ito’y malinaw na hindi. Bakit Ko sinasabi na hindi tamang sabihin ito? Ang disposisyon ng Diyos, at kung ano ang mayroon at kung ano Siya ay naipapahayag sa mga bagay na Kanyang nagawa na at sa mga salitang Kanyang nasabi na. Nakikita ng tao kung anong mayroon at kung ano ang Diyos sa pamamagitan ng gawain na Kanyang nagawa na at ng mga salitang Kanyang nasabi na, ngunit ito ay para lamang sabihin na ang gawain at mga salita ay nagbibigay-kakayahan sa tao na maunawaan ang isang bahagi lamang ng disposisyon ng Diyos, at isang bahagi ng kung ano ang mayroon at kung ano Siya. Kung ninanais ng tao na magtamo pa ng mas malawak at malalim na pagkaunawa sa Diyos, dapat ay mas maranasan pa ng tao ang mga salita at gawain ng Diyos. Bagama’t ang tao ay nagtatamo lamang ng isang bahagyang pagkaunawa sa Diyos kapag nakararanas ng bahagi ng mga salita o gawain ng Diyos, ito bang bahagyang pagkaunawang ito ay kumakatawan

sa tunay na disposisyon ng Diyos? Kumakatawan ba ito sa diwa ng Diyos? Sabihin pa, ito ay kumakatawan sa tunay na disposisyon ng Diyos at sa diwa ng Diyos; walang duda ryan. Anumang oras o lugar, o sa kung anumang paraan ginagawa ng Diyos ang Kanyang gawain, o sa kung anumang anyo Siya nagpapakita sa tao, o sa kung anong paraan Niya ipinahahayag ang Kanyang kalooban, ang lahat na Kanyang ibinubunyag at ipinahahayag ay kumakatawan sa Diyos Mismo, sa diwa ng Diyos at kung ano ang mayroon at kung ano Siya. Isinasakatuparan ng Diyos ang Kanyang gawain sa pamamagitan ng kung ano ang mayroon at kung ano Siya, at sa Kanyang totoong pagkakakilanlan; ito ay talagang tunay. Ngunit ngayon, ang mga tao ay may bahagyang pagkaunawa lamang sa Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga salita, at sa pamamagitan ng kung ano ang naririnig nila kapag sila ay nakikinig sa pangangaral, at kaya sa isang tiyak na lawak, ang pagkaunawang ito ay masasabi na panteoryang kaalaman lamang. Dahil sa iyong aktwal na mga kalagayan, mapatutunayan mo lamang ang pagkaunawa o pagkakilala sa Diyos na iyong narinig, nakita, o nalaman at naintindihan na sa iyong puso ngayon kung ang bawat isa sa inyo ay pagdaraan ito sa mga aktwal na karanasan, at nalalaman ito nang paunti-unti. Kung hindi Ko ibinahagi ang mga salitang ito sa inyo, makakamit ba ninyo ang tunay na pagkakilala sa Diyos sa pamamagitan lamang ng inyong mga karanasan? Ang gawin iyon, sa tingin Ko, ay magiging napakahirap. Iyon ay dahil kinakailangan munang taglayin ng mga tao ang mga salita ng Diyos para malaman kung paano dumanas. Gaano man karami sa mga salita ng Diyos ang kinakain ng mga tao, gayon din ang bilang na aktwal nilang mararanasan. Nangunguna ang mga salita ng Diyos sa daan pasulong, at ginagabayan ang tao sa kanyang karanasan. Sa madaling salita, para sa mga mayroong ilang tunay na karanasan, itong ilang huling pagbabahagi ay tutulong na kanilang kamtin ang mas malalim na pagkaunawa sa katotohanan, at mas makatotohanang pagkakilala sa Diyos. Ngunit para sa mga walang anumang tunay na karanasan, o mga kasisimula pa lamang sa kanilang pagdanas, o kasisimula pa lamang na magising sa katotohanan, ito ay isang malaking pagsubok.

Ang pangunahing nilalaman ng ilang huling pagbabahagi ay nauukol sa “disposisyon ng Diyos, gawain ng Diyos, at Diyos Mismo.” Ano ang nakita ninyo sa mga pangunahin at sentral na bahagi ng lahat ng Aking sinabi? Sa pamamagitan ng mga pagbabahaging ito, nagagawa ba ninyong tanggapin na Siya na gumawa ng gawain, Siya na nagbunyag ng mga disposisyong ito, ay ang natatanging Diyos Mismo, na may hawak ng kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay? Kung ang sagot ninyo ay oo, paano kayo humantong sa ganitong konklusyon? Sa paghantong sa ganitong konklusyon, ilang aspeto ang isinaalang-alang ninyo? May makapagsasabi ba sa Akin? Alam Ko na naapektuhan kayo nang matindi ng mga huling kaunting pagbabahagi, at nabigyan ng bagong simula sa inyong puso para sa inyong pagkakilala sa Diyos, na maganda naman. Ngunit kahit na malaki ang iniunlad ng inyong pagkaunawa sa Diyos kumpara sa dati, ang pakahulugan ninyo sa pagkakakilanlan ng Diyos ay hindi pa umusad nang lampas sa mga pangalan ng Diyos na si Jehova ng Kapanahunan ng Kautusan, ng

Panginoong Jesus ng Kapanahunan ng Biyaya, at ng Makapangyarihang Diyos ng Kapanahunan ng Kaharian. Sinasabi nitong kahit na ang mga pagbabahaging ito tungkol sa “disposisyon ng Diyos, gawain ng Diyos, at Diyos Mismo” ay nagbigay sa inyo ng kaunting pagkaunawa tungkol sa mga salitang minsan ay sinabi ng Diyos, at sa gawaing minsan ay ginawa ng Diyos, at sa Kanyang pagiging Diyos at ang mga tinataglay Niya na minsan ay ibinunyag ng Diyos, wala kayong kakayahan para magbigay ng tunay na kahulugan at tumpak na oryentasyon ng salitang “Diyos.” Wala rin kayong tunay at tumpak na oryentasyon at pagkakilala sa katayuan at pagkakakilanlan ng Diyos Mismo, na ang ibig sabihin ay tungkol sa katayuan ng Diyos sa gitna ng lahat ng bagay at sa lahat ng dako ng buong sansinukob. Iyon ay dahil, sa mga nakaraang pagbabahagi tungkol sa Diyos Mismo at sa disposisyon ng Diyos, ang lahat ng nilalaman ay batay sa nakaraang mga pagpapahayag at mga pagbubunyag ng Diyos na nakatala sa Bibliya. Ngunit mahirap para sa tao na tuklasin ang kung anong mayroon at kung ano ang Diyos na ibinubunyag at ipinahahayag ng Diyos sa panahon, o sa labas ng Kanyang pamamahala at pagliligtas sa sangkatauhan. Kaya, kahit pa naiintindihan ninyo ang Kanyang pagiging Diyos at ang mga tinataglay Niya na ibinunyag sa gawain na ginawa Niya noon, ang inyong pakahulugan sa pagkakakilanlan at katayuan ng Diyos ay malayo pa rin mula sa “ang natatanging Diyos, ang Siyang may hawak ng kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay,” at ito ay naiiba mula sa “ang Lumikha.” Ganito rin ang naipadama sa lahat ng huling ilang pagbabahagi: Paano malalaman ng tao ang mga iniisip ng Diyos? Kung mayroon talagang makaaalam, tiyak na ang taong iyon ay ang Diyos, dahil ang Diyos Mismo lamang ang nakaaalam ng Kanyang sariling iniisip, at ang Diyos Mismo lamang ang nakaaalam ng batayan at pamamaraan na pinagbabatayan ng lahat ng Kanyang ginagawa. Mukhang makatwiran at lohikal para sa inyo na tanggapin ang pagkakakilanlan ng Diyos sa ganoong paraan, ngunit sino ang makapagsasabi mula sa disposisyon at gawain ng Diyos na ito nga ay talagang gawain ng Diyos Mismo, at hindi gawain ng tao, ang gawain na hindi magagawa ng tao sa ngalan ng Diyos? Sino ang makakakita na ang gawaing ito ay nabibilang sa kataas-taasang kapangyarihan ng Isa na mayroong diwa at kapangyarihan ng Diyos? Sinasabi nitong, sa pamamagitan ng anong mga katangian o diwa ninyo tinatanggap na Siya ay Diyos Mismo, na may pagkakakilanlan ng Diyos, at Siyang may hawak ng kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay? Naisip na ba ninyo ang tungkol diyan? Kung hindi pa, ay pinatutunayan nito ang isang katunayan: Ang mga nakaraang ilang pagbabahagi ay nagbigay lamang sa inyo ng kaunting pagkaunawa sa kapisaso ng kasaysayan kung saan ginawa ng Diyos ang Kanyang gawain, at tungkol sa paraan, pagpapamalas, at mga pagbubunyag ng Diyos sa panahon ng gawaing iyon. Bagama’t ang ganoong pagkaunawa ay nagdudulot sa bawat isa sa inyo na makilala nang walang duda na Siya na nagsakatuparan nitong dalawang yugto ng gawain ay ang Diyos Mismo na inyong pinaniniwalaan at sinusundan, at Siya na nararapat na lagi ninyong sundin, hindi pa rin ninyo kayang kilalanin na Siya ay ang Diyos na umiral na mula pa sa paglikha ng mundo, at iiral magpakailanman, ni

hindi ninyo kayang kilalanin na Siya ang nangunguna at may hawak ng kataas-taasang kapangyarihan sa buong sangkatauhan. Siguradong kailanman ay hindi ninyo naisip ang tungkol sa problemang ito. Maging ito man ay si Jehova o ang Panginoong Jesus, sa pamamagitan ng aling mga aspeto ng diwa at pagpapamalas ba ninyo nagagawang kilalanin na hindi lamang Siya ang Diyos na dapat ninyong sundin, kundi ang Siya ring nag-uutos sa sangkatauhan at may hawak ng kataas-taasang kapangyarihan sa kapalaran ng sangkatauhan, na bukod dito, ay ang natatanging Diyos Mismo na may hawak ng kataas-taasang kapangyarihan sa kalangitan at lupa at lahat ng bagay? Sa pamamagitan ng alin bang mga paraan ninyo nakikilala na Siya na inyong pinaniniwalaan at sinusunod ay ang Diyos Mismo na may hawak ng kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay? Sa pamamagitan ng aling pamamaraan ba ninyo pinag-uugnay ang Diyos na inyong pinaniniwalaan sa Diyos na may hawak ng kataas-taasang kapangyarihan sa kapalaran ng sangkatauhan? Ano ang nagpapahintulot sa iyo na makilala na ang Diyos na pinaniniwalaan ninyo ay ang natatanging Diyos Mismo, na Siyang nasa langit at nasa lupa, at nasa lahat ng bagay? Ito ang problemang Aking sasagutin sa susunod na bahagi.

Ang mga problema na kailanman ay hindi ninyo napag-isipan o hindi maiisip ay maaaring yaong pinakamahahalaga sa pagkilala sa Diyos, at kung saan maaaring makita ang mga katotohanang hindi naa-arok ng tao. Kapag dumating ang mga problemang ito sa inyo, at kailangan ninyong harapin ang mga ito, at kailangan ninyong pumili, kung hindi ninyo ganap na malutas ang mga ito dahil sa inyong kahangalan at kamangmangan, o dahil ang inyong mga karanasan ay masyadong mababaw at kulang kayo sa tunay na pagkakilala sa Diyos, ang mga iyon ay magiging ang pinakamalaking balakid at pinakamatinding hadlang sa landas ng inyong paniniwala sa Diyos. Kaya nararamdaman Ko na lubos na kinakailangan na magbahagi sa inyo tungkol sa paksang ito. Alam ba ninyo kung ano ang problema ninyo ngayon? Maliwanag ba sa inyo ang mga problemang Aking sinasabi? Ang mga problema bang ito ang inyong kakaharapin? Ang mga iyon ba ang mga problemang hindi ninyo nauunawaan? Ang mga iyon ba ang mga problemang kailanman ay hindi ninyo naisip? Mahalaga ba ang mga problemang ito sa inyo? Problema ba talaga ang mga iyon? Ang bagay na ito ay pinagmumulan ng matinding kalituhan sa inyo, na nagpapakita na wala kayong tunay na pagkaunawa tungkol sa Diyos na inyong pinaniniwalaan, at hindi ninyo Siya sineseryoso. Sabi ng ibang tao, “Alam kong Siya ang Diyos, at kaya ko Siya sinusunod, ay dahil ang Kanyang mga salita ay ang pagpapahayag ng Diyos. Sapat na iyon. Anong katibayan pa ba ang kailangan? Tiyak namang hindi natin kailangang maglabas ng mga pag-aalinlangan tungkol sa Diyos? Tiyak namang hindi natin dapat subukin ang Diyos? Tiyak namang hindi natin kailangang pagdudahan ang diwa ng Diyos at ang pagkakakilanlan ng Diyos Mismo?” Kung ganito man ang paraan ng inyong pag-iisip, hindi Ko inilalabas ang ganyang mga tanong para lituhin kayo tungkol sa Diyos, o udyukin kayong subukin Siya, at lalong hindi upang bigyan kayo ng mga pag-aalinlangan tungkol sa pagkakakilanlan at diwa ng

Diyos. Sa halip, ginagawa Ko ito para hikayatin sa loob ninyo ang mas matindi pang pagkaunawa sa diwa ng Diyos, at mas malaking katiyakan at pananalig tungkol sa katayuan ng Diyos, para ang Diyos ay maaaring maging ang Nag-iisa lamang sa puso ng lahat ng mga sumusunod sa Diyos, at upang ang orihinal na katayuan ng Diyos—bilang ang Lumikha, ang Pinuno ng lahat ng bagay, ang natatanging Diyos Mismo—ay maaaring maibalik sa puso ng bawat nilalang. Ito rin ang tema sa Aking pagbabahagi.

Simulan nating basahin ngayon ang sumusunod na mga talata mula sa Bibliya.

1. Gumamit ang Diyos ng mga Salita Para Likhain ang Lahat ng Bagay

Genesis 1:3–5 At sinabi ng Diyos, “Magkaroon ng liwanag;” at nagkaroon ng liwanag. At nakita ng Diyos ang liwanag, na ito ay mabuti, at inihiwalay ng Diyos ang liwanag sa kadiliman. At tinawag ng Diyos ang liwanag na Araw, at tinawag Niya ang kadiliman na Gabi. At nagkahapon at nagkaumaga ang unang araw.

Genesis 1:6–7 At sinabi ng Diyos, “Magkaroon ng isang kalawakan sa gitna ng tubig, at mahiwalay ang tubig sa kapwa tubig.” At ginawa ng Diyos ang kalawakan, at inihiwalay ang tubig na nasa ilalim ng kalawakan, sa tubig na nasa itaas ng kalawakan: at nagkagayon.

Genesis 1:9–11 At sinabi ng Diyos, “Mapisan ang tubig na nasa silong ng langit sa isang dako,” at lumitaw ang tuyong lupain, at nagkagayon. At tinawag ng Diyos ang tuyong lupain na Lupa, at ang kapisanan ng tubig ay tinawag Niyang mga Dagat: at nakita ng Diyos na mabuti. At sinabi ng Diyos, “Sibulan ang lupa ng damo, pananim na nagkakabinhi, at punong kahoy na namumunga ayon sa kanyang pagkakahoy, na taglay ang kanyang binhi sa ibabaw ng lupa,” at nagkagayon.

Genesis 1:14–15 At sinabi ng Diyos, “Magkaroon ng mga tanglaw sa kalawakan ng langit upang maghiwalay ng araw sa gabi; at maging pinakatanda, at pinakabahagi ng panahon, ng mga araw at ng mga taon: At maging pinakatanglaw sa kalawakan ng langit, upang tumanglaw sa ibabaw ng lupa:” at nagkagayon.

Genesis 1:20–21 At sinabi ng Diyos, “Bukalan nang sagana ang tubig ng mga gumagalaw na nilikha na may buhay, at magsilipad ang mga ibon sa itaas ng lupa sa bukas na kalawakan ng himpapawid.” At nilikha ng Diyos ang malalaking hayop sa dagat, at ang bawat may buhay na nilikha na gumagalaw, na ibinukal na sagana ng tubig, ayon sa kani-kanyang uri at ang lahat na may pakpak na ibon, ayon sa kani-kanyang uri: at nakita ng Diyos na ito ay mabuti.

Genesis 1:24–25 At sinabi ng Diyos, “Bukalan ang lupa ng mga may buhay na nilikha ayon sa kani-kanyang uri, ng bakahan at ng mga nilikha na umuusad, at ng mga hayop sa lupa, ayon sa kani-kanyang uri:” at nagkagayon. At nilikha ng Diyos ang hayop sa lupa ayon sa kanyang uri, at ang bakahan ayon sa kanyang uri, at ang bawat umuusad sa ibabaw ng lupa ayon sa kani-kanyang uri: at nakita ng Diyos na ito ay mabuti.

Sa Unang Araw, ang Araw at Gabi ng Sangkatauhan ay Isinilang at Itinatag, Salamat sa Awtoridad ng Diyos

Tingnan natin ang unang talata: “At sinabi ng Diyos, ‘Magkaroon ng liwanag;’ at

nagkaroon ng liwanag. At nakita ng Diyos ang liwanag, na ito ay mabuti, at inihiwalay ng Diyos ang liwanag sa kadiliman. At tinawag ng Diyos ang liwanag na Araw, at tinawag Niya ang kadiliman na Gabi. At nagkahapon at nagkaumaga ang unang araw” (Genesis 1:3–5). Inilalarawan ng talatang ito ang unang kilos ng Diyos sa simula ng paglikha, at ang unang araw na pinalipas ng Diyos kung saan ay mayroong gabi at umaga. Ngunit ito ay isang hindi pangkaraniwang araw: Nagsimula ang Diyos na ihanda ang liwanag para sa lahat ng bagay, at, dagdag pa rito, hinati Niya ang liwanag mula sa kadiliman. Sa araw na ito, nagsimulang magsalita ang Diyos, at magkasamang umiral ang Kanyang mga salita at awtoridad. Nagsimulang makita ang Kanyang awtoridad sa lahat ng bagay, at ang kapangyarihan Niya ay kumalat sa lahat ng bagay bilang resulta ng Kanyang mga salita. Simula sa araw na ito, ang lahat ng bagay ay nabuo at naitatag dahil sa mga salita ng Diyos, sa awtoridad ng Diyos, at sa kapangyarihan ng Diyos, at nagsimula silang gumana, salamat sa mga salita ng Diyos, sa awtoridad ng Diyos, at sa kapangyarihan ng Diyos. Nang sinabi ng Diyos ang mga salitang “Magkaroon ng liwanag,” nagkaroon nga ng liwanag. Hindi sumabak ang Diyos sa anumang sapalaran; lumitaw ang liwanag bilang resulta ng Kanyang mga salita. Ito ang liwanag na tinawag ng Diyos na araw, at kung saan nakadepende pa rin ngayon ang tao para sa kanyang pag-iral. Sa pamamagitan ng utos ng Diyos, ang diwa at halaga nito ay hindi kailanman nagbago, at hindi ito kailanman naglaho. Ipinapakita ng pag-iral nito ang awtoridad at kapangyarihan ng Diyos, at ipinoproklama ang pag-iral ng Lumikha. Pinagtitibay nito, nang paulit-ulit, ang pagkakakilanlan at katayuan ng Lumikha. Hindi ito bagay na di-nahahawakan, o ilusyon, kundi isang tunay na liwanag na makikita ng tao. Simula sa mga oras na iyon, dito sa mundong walang-laman na kung saan “ang lupa ay walang anyo at walang laman; at ang kadiliman ay sumasa ibabaw ng kalaliman,” nagawa ang unang materyal na bagay. Ang bagay na ito ay nanggaling mula sa mga salita ng bibig ng Diyos, at lumitaw sa unang gawain ng paglikha ng lahat ng bagay dahil sa awtoridad at mga pagbigkas ng Diyos. Hindi nagtagal, inutusan ng Diyos na maghiwalay ang liwanag at kadiliman.... Nagbago at nakumpleto ang lahat dahil sa mga salita ng Diyos.... Tinawag ng Diyos itong liwanag na “Araw,” at tinawag Niya ang kadiliman na “Gabi.” Noong oras na iyon, ginawa ang unang gabi at ang unang umaga sa mundong nilayong likhain ng Diyos, at sinabi ng Diyos na ito ang unang araw. Ang araw na ito ang unang araw ng paglikha sa lahat ng bagay ng Lumikha, at ang simula ng paglikha ng lahat ng bagay, at ang unang pagkakataon na ang awtoridad at kapangyarihan ng Lumikha ay naipakita sa mundong ito na Kanyang nilikha.

Sa pamamagitan ng mga salitang ito, nagagawa ng tao na mamasdan ang awtoridad ng Diyos at ng mga salita ng Diyos, at gayundin ng kapangyarihan ng Diyos. Dahil Diyos lamang ang may angkin ng naturang kapangyarihan, kaya Diyos lamang ang mayroong naturang awtoridad; dahil angkin ng Diyos ang naturang awtoridad, kaya Diyos lamang ang mayroon ng naturang kapangyarihan. Maaari bang magtaglay ang sinumang tao o bagay ng awtoridad at kapangyarihang tulad nito? Mayroon bang sagot sa inyong mga

puso? Bukod sa Diyos, mayroon bang nilikha o di-nilikha na may angkin ng gayong awtoridad? Nakakita na ba kayo ng halimbawa ng gayong bagay sa anumang libro o lathalain? Mayroon bang anumang tala na may isang lumikha ng kalangitan at lupa at ng lahat ng bagay? Wala ito sa anumang ibang libro o talaan; siyempre, ang mga ito ang tanging mga salita tungkol sa kagila-gilalas na paglikha ng Diyos sa mundo na may awtoridad at makapangyarihan, na nakatala sa Bibliya; ang mga salitang ito ay nangungusap para sa natatanging awtoridad at pagkakakilanlan ng Diyos. Maaari bang sabihing ang naturang awtoridad at kapangyarihan ay sumasagisag sa natatanging pagkakakilanlan ng Diyos? Maaari bang sabihin na ang mga iyon ay taglay ng Diyos, at ng Diyos lamang? Walang alinlangang ang Diyos Mismo lamang ang may angkin ng naturang awtoridad at kapangyarihan! Ang awtoridad at kapangyarihang ito ay hindi maaaring angkinin o palitan ng anumang nilikha o di-nilikha! Isa ba ito sa mga katangian ng natatanging Diyos Mismo? Nasaksihan na ba ninyo ito? Ang mga salitang ito ay mabilis at malinaw na nagpapaunawa sa mga tao sa katunayan na ang Diyos ay nagtataglay ng natatanging awtoridad, at natatanging kapangyarihan, at ng pinakamataas na pagkakakilanlan at katayuan. Mula sa pagbabahaginan sa itaas, masasabi ba ninyo na ang Diyos na pinaniniwalaan ninyo ay ang natatanging Diyos Mismo?

Sa Ikalawang Araw, Isinaayos ng Awtoridad ng Diyos ang mga Katubigan, at Ginawa ang Kalawakan, at Lumitaw ang Isang Puwang Para sa Pinakapayak na Pagpapatuloy ng Pamumuhay ng Tao

Basahin natin ang ikalawang talata ng Bibliya: “At sinabi ng Diyos, ‘Magkaroon ng isang kalawakan sa gitna ng tubig, at mahiwalay ang tubig sa kapwa tubig.’ At ginawa ng Diyos ang kalawakan, at inihiwalay ang tubig na nasa ilalim ng kalawakan, sa tubig na nasa itaas ng kalawakan: at nagkagayon” (Genesis 1:6–7). Anong mga pagbabago ang nangyari matapos sabihin ng Diyos ang “Magkaroon ng isang kalawakan sa gitna ng tubig, at mahiwalay ang tubig sa kapwa tubig”? Sa mga Kasulatan sinasabi na: “At ginawa ng Diyos ang kalawakan, at inihiwalay ang tubig na nasa ilalim ng kalawakan, sa tubig na nasa itaas ng kalawakan.” Ano ang resulta matapos itong sabihin at gawin ng Diyos? Ang kasagutan ay nakalagay sa huling bahagi ng talata: “at nagkagayon.”

Ang dalawang maiikling pangungusap na ito ay nagtatala ng isang kagila-gilalas na pangyayari, at naglalarawan ng isang kamangha-manghang tagpo—ang napakalaking gawain kung saan ay pinamahalaan ng Diyos ang mga katubigan, at nilikha ang espasyo kung saan ang tao ay maaaring umiral ...

Sa larawang ito, ang mga katubigan at ang kalawakan ay lumilitaw sa harap ng Diyos sa isang iglap, at ang mga ito ay pinaghiwalay ng awtoridad ng mga salita ng Diyos, at pinaghiwalay sa “itaas” at sa “ibaba” sa paraang itinakda ng Diyos. Ibig sabihin, hindi lamang saklaw ng kalawakan na nilikha ng Diyos ang mga katubigan sa ibaba, ngunit hinahawakan din nito ang mga katubigan sa itaas.... Dito, walang magagawa ang tao kundi ang tumitig, matulala, at mamangha sa lakas ng Kanyang awtoridad at sa

kaningningan ng tagpo kung saan inilipat at inutusan ng Lumikha ang mga katubigan, at nilikha ang kalawakan. Sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos, at ng kapangyarihan ng Diyos, at ng awtoridad ng Diyos, naisakatuparan ng Diyos ang isa pang dakilang gawain. Hindi ba ito ang kapangyarihan ng awtoridad ng Lumikha? Gamitin natin ang mga kasulatan upang ipaliwanag ang mga gawa ng Diyos: Sinambit ng Diyos ang Kanyang mga salita, at dahil sa mga salitang ito ng Diyos ay nagkaroon ng kalawakan sa gitna ng mga katubigan. At kasabay nito, isang napakalaking pagbabago ang nangyari sa kalawakang ito dahil sa mga salitang ito ng Diyos, at hindi ito isang ordinaryong pagbabago, kundi isa itong uri ng paghalili kung saan mula sa wala ay nagkaroon ng isang bagay. Ito ay isinilang mula sa mga iniisip ng Lumikha, at naging isang bagay mula sa wala dahil sa mga salita na sinambit ng Lumikha, at, higit pa roon, mula sa puntong ito, ito ay iiral at di-matitinag para sa kapakanan ng Lumikha, at lilipat, magbabago, at mapapanibago alinsunod sa mga iniisip ng Lumikha. Inilalarawan ng talatang ito ang pangalawang kilos ng Lumikha sa Kanyang paglikha ng buong mundo. Ito ay isa pang pagpapahayag ng awtoridad at kapangyarihan ng Lumikha, at isa pang kauna-unahang gawain ng Lumikha. Ang araw na ito ay ang ikalawang araw na pinalipas ng Lumikha simula sa pagtatatag ng mundo, at ito ay isa pang kahanga-hangang araw para sa Kanya: Siya ay naglakad sa gitna ng liwanag, dinala Niya ang kalawakan, inayos at pinamahalaan Niya ang mga katubigan, at ang Kanyang mga gawa, ang Kanyang awtoridad, at ang Kanyang kapangyarihan ay pinagana sa bagong araw ...

May kalawakan na ba sa gitna ng mga katubigan bago binigkas ng Diyos ang Kanyang mga salita? Siyempre wala! At paano naman noong matapos sabihin ng Diyos na “Magkaroon ng isang kalawakan sa gitna ng tubig”? Lumitaw ang mga bagay na nilayon ng Diyos; nagkaroon ng kalawakan sa gitna ng mga katubigan, at naghiwalay ang mga katubigan dahil sinabi ng Diyos na “Mahiwalay ang tubig sa kapwa tubig.” Sa paraang ito, kasunod ng mga salita ng Diyos, dalawang bagong bagay, dalawang bagong silang na bagay ang lumitaw sa kalagitnaan ng lahat ng bagay bilang resulta ng awtoridad at kapangyarihan ng Diyos. Ano ang pakiramdam ninyo sa paglitaw ng dalawang bagong bagay na ito? Dama ba ninyo ang kadakilaan ng kapangyarihan ng Lumikha? Ramdam ba ninyo ang natatangi at pambihirang puwersa ng Lumikha? Ang kadakilaan ng naturang puwersa at kapangyarihan ay dahil sa awtoridad ng Diyos, at ang awtoridad na ito ay isang pagkatawan sa Diyos Mismo, at isang natatanging katangian ng Diyos Mismo.

Binigyan ba kayo ng talatang ito ng isa pang malalim na pakiramdam ng pagiging natatangi ng Diyos? Sa totoo lang, hinding-hindi pa ito sapat; ang awtoridad at kapangyarihan ng Lumikha ay lampas na lampas pa rito. Ang Kanyang pagiging natatangi ay hindi lamang dahil mayroon Siyang diwa na hindi katulad ng anumang nilikha, kundi ito rin ay dahil ang Kanyang awtoridad at kapangyarihan ay pambihira, walang limitasyon, kataas-taasan sa lahat, at tumatayo sa ibabaw ng lahat, at bukod dito, dahil ang Kanyang awtoridad at kung ano ang mayroon at kung ano Siya ay

makakalikha ng buhay, makakagawa ng mga himala, at makakalikha ng lahat ng kagilalas at pambihirang minuto at segundo. Kasabay nito, kaya Niyang pamahalaan ang buhay na Kanyang nililikha, at hinahawakan ang kataas-taasang kapangyarihan sa mga himala at sa bawat minuto at segundo na Kanyang nililikha.

Sa Pangatlong Araw, Nagbigay ng Buhay sa Lupa at sa mga Karagatan ang mga Salita ng Diyos, at Nagdulot ang Awtoridad ng Diyos sa Mundo ng Nag-uumapaw sa Sigla

Susunod, basahin natin ang unang pangungusap sa Genesis 1:9–11: “At sinabi ng Diyos, ‘Mapisan ang tubig na nasa silong ng langit sa isang dako,’ at lumitaw ang tuyong lupain.” Ano ang mga pagbabagong naganap matapos lamang sabihin ng Diyos ang, “Mapisan ang tubig na nasa silong ng langit sa isang dako, at lumitaw ang tuyong lupain”? At ano ang nasa espasyong ito bukod sa liwanag at sa kalawakan? Sa mga Kasulatan, nasusulat ito: “At tinawag ng Diyos ang tuyong lupain na Lupa, at ang kapisanan ng tubig ay tinawag Niyang mga Dagat: at nakita ng Diyos na mabuti.” Ibig sabihin, nagkaroon na ngayon ng lupa at mga karagatan sa espasyong ito, at napaghiwalay na ang lupa at karagatan. Ang paglitaw ng mga bagong bagay na ito ay sumunod sa utos mula sa bibig ng Diyos, “at nagkagayon.” Inilalarawan ba sa Kasulatan na naging abala ang Diyos habang ginagawa Niya ito? Inilalarawan ba nito na Siya ay pisikal na gumagawa? Kaya, paano ba ito ginawa ng Diyos? Paano ba nagawa ng Diyos na mabuo ang mga bagong bagay na ito? Malinaw na gumamit ang Diyos ng mga salita para makamit ang lahat ng ito, para likhain ang kabuuan nito.

Sa tatlong mga talata sa itaas, natutuhan natin ang mga pangyayari ng tatlong malalaking kaganapan. Nangyari at naisakatuparan ang tatlong malalaking kaganapang ito sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos, at dahil sa Kanyang mga salita kaya isa-isa at magkakasunod na lumitaw ang mga ito sa harapan ng Diyos. Kaya makikita na ang mga salitang “Nagsasalita ang Diyos, at matutupad ito; iniuutos Niya, at maitatatag ito” ay hindi hungkag na mga salita. Ang diwang ito ng Diyos ay kumpirmado agad sa sandali na ang Kanyang mga iniisip ay nabubuo, at kapag ibinubuka ng Diyos ang Kanyang bibig para magsalita, lubos na nasasalamain ang Kanyang diwa.

Magpatuloy tayo sa huling pangungusap ng talatang ito: “At sinabi ng Diyos, ‘Sibulan ang lupa ng damo, pananim na nagkakabinhi, at punong kahoy na namumunga ayon sa kanyang pagkakahoy, na taglay ang kanyang binhi sa ibabaw ng lupa,’ at nagkagayon.” Habang nagsasalita ang Diyos, ang lahat ng bagay na ito ay nagkaroon ng buhay alinsunod sa mga iniisip ng Diyos, at sa isang iglap, ang iba’t ibang uri ng mga napakakomplikadong maliliit na anyo ng buhay ay walang tigil sa pag-usli ng kanilang mga ulo palabas ng lupa, at bago pa man nila maipagpag ang maliliit na dumi mula sa kanilang mga katawan, sabik na silang kumakaway sa bawat isa para bumati, tumatango at ngumingiti sa mundo. Pinasalamatan nila ang Lumikha sa buhay na Kanyang ibinigay sa kanila, at inihayag sa mundo na bahagi sila ng lahat ng bagay, at ang bawat isa sa

kanila ay maglalaan ng kanilang mga buhay sa pagpapakita ng awtoridad ng Lumikha. Habang binibigkas ang mga salita ng Diyos, naging malago at berde ang lupa, tumubo at umusbong mula sa lupa ang lahat ng uri ng mga halaman na maaaring tamasahin ng tao, at ang mga bundok at kapatagan ay nagkaroon ng napakaraming puno at kagubatan.... Itong tigang na mundo, na walang anumang bakas ng kasiglahan, ay mabilis na natakpan ng mga masaganang damo, mga halaman at mga puno at umaapaw sa kaberdehan.... Ang samyo ng damo at ang halimuyak ng lupa ay kumalat sa hangin, at nagsimula ang mga uri ng halaman na huminga kasabay ng sirkulasyon ng hangin, at nagsimula sa proseso ng paglaki. Kasabay nito, salamat sa mga salita ng Diyos at alinsunod sa mga iniisip ng Diyos, ang lahat ng halaman ay nagsimula ng tuluy-tuloy na siklo ng buhay kung saan sila ay lumalago, namumulaklak, namumunga, at dumarami. Nagsimula silang sumunod nang mahigpit sa kani-kanilang mga landas ng buhay at nagsimulang gampanan ang kani-kanilang mga tungkulin sa gitna ng lahat ng bagay.... Isinilang silang lahat, at nabuhay, dahil sa mga salita ng Lumikha. Tatanggap sila ng walang-humpay na panustos at pagpapakain mula sa Lumikha, at laging makapagpapatuloy na mabuhay nang may katatagan sa bawat sulok ng lupain para maipakita ang awtoridad at kapangyarihan ng Lumikha, at lagi nilang ipapakita ang pwersa ng buhay na ipinagkaloob sa kanila ng Lumikha ...

Katangi-tangi ang buhay ng Lumikha, katangi-tangi ang Kanyang mga iniisip, at katangi-tangi ang Kanyang awtoridad, at kaya kapag binigkas ang Kanyang mga salita, ang huling resulta ay “at nagkagayon.” Malinaw na, hindi kailangan ng Diyos na gumawa gamit ang Kanyang mga kamay kapag Siya ay kumikilos; ginagamit Niya lamang ang Kanyang mga iniisip para mag-utos at ang Kanyang mga salita para mag-atas, at sa ganitong paraan, nakakamit ang mga bagay-bagay. Sa araw na ito, tinipon ng Diyos ang mga katubigan sa iisang lugar, at pinalitaw ang tuyong lupa, pagkatapos ay pinausbong ng Diyos ang damo mula sa lupa, at tumubo roon ang mga halaman na nagbibigay ng mga buto, at ang mga puno na namumunga, at pinagsama-sama ng Diyos ang bawat isa sa mga iyon ayon sa uri, at nagsanhi sa bawat isa na magkaroon ng sarili nitong buto. Nangyari ang lahat ng ito ayon sa mga iniisip ng Diyos at sa mga utos ng mga salita ng Diyos, at lumitaw ang bawat isa nang magkakasunod, dito sa bagong mundo.

Nang hindi pa Niya nasisimulan ang Kanyang gawain, mayroon nang larawan ang Diyos sa Kanyang isipan kung ano ang nilalayon Niyang makamit, at nang simulan ng Diyos ang pagsasakatuparan ng mga bagay na ito, na kung kailan din ay ibinuka ng Diyos ang Kanyang bibig para bigkasin ang nilalaman ng larawang ito, nagsimulang mangyari ang mga pagbabago sa lahat ng bagay, salamat sa awtoridad at kapangyarihan ng Diyos. Kung paano man ito ginawa ng Diyos, o ginamit ang Kanyang awtoridad, ang lahat ay isa-isang nakamit nang naaayon sa plano ng Diyos at dahil sa mga salita ng Diyos, at nang paisa-isang hakbang, nangyari ang mga pagbabago sa pagitan ng langit at lupa, salamat sa mga salita at awtoridad ng Diyos. Ipinakita ng lahat ng pagbabago

at pangyayaring ito ang awtoridad ng Lumikha, at ang pagiging di-karaniwan at kadakilaan ng kapangyarihan ng buhay ng Lumikha. Ang Kanyang mga iniisip ay hindi mga simpleng ideya, o isang blankong larawan, kundi isang awtoridad na nagtaglay ng kasiglahan at pambihirang lakas, at ang mga iyon ang kapangyarihang nagsasanhi para ang lahat ng bagay ay mabago, sumigla, mapanibago, at mawala. Dahil dito, gumagana ang lahat ng bagay dahil sa Kanyang mga iniisip, at, kasabay nito ay nakakamit dahil sa mga salita mula sa Kanyang bibig ...

Bago lumitaw ang lahat ng bagay, matagal nang nabuo sa isipan ng Diyos ang isang kumpletong plano, at matagal nang nagawa ang isang bagong mundo. Bagama't sa pangatlong araw noon lumitaw ang lahat ng uri ng mga halaman sa lupa, walang dahilan ang Diyos para pigilan ang mga hakbang ng Kanyang paglikha sa mundong ito; sinadya Niyang magpatuloy sa pagbigkas sa Kanyang mga salita, para magpatuloy na maisagawa ang paglikha ng bawat bagong bagay. Magsasalita Siya, ibibigay ang Kanyang mga utos, at gagamitin ang Kanyang awtoridad at ipapakita ang Kanyang kapangyarihan, at inihanda Niya ang lahat ng bagay na Kanyang naip plano na para ihanda ang lahat ng bagay at ang sangkatauhan na nilalayon Niyang likhain ...

Sa Pang-apat na Araw, ang mga Panahon, mga Araw, at mga Taon ng Sangkatauhan ay Sumapit Nang Muling Gamitin ng Diyos ang Kanyang Awtoridad

Ginamit ng Lumikha ang Kanyang mga salita para tuparin ang Kanyang plano, at sa paraang ito, pinalipas Niya ang unang tatlong araw ng Kanyang plano. Sa loob ng tatlong araw na ito, ang Diyos ay hindi nakitang naging abala o pinapagod ang Kanyang sarili; bagkus, pinalipas Niya ang kamangha-manghang unang tatlong araw ng Kanyang plano, at naisakatuparan ang dakilang gawain ng radikal na pagbabagong-anyo sa mundo. Isang bagong-bagong mundo ang lumitaw sa Kanyang harapan, at, nang paisa-isang piraso, ang magandang larawan na nakatago sa loob ng Kanyang mga iniisip ay nabunyag sa wakas sa mga salita ng Diyos. Ang paglitaw ng bawat bagong bagay ay parang kapanganakan ng isang bagong silang na sanggol, at nalugod ang Lumikha sa larawang minsan ay nasa Kanyang mga iniisip, ngunit ngayon ay nabigyan na ng buhay. Sa sandaling ito, nagkaroon ng munting kasiyahan ang Kanyang puso, ngunit kasisimula pa lamang ng Kanyang plano. Sa isang kisap-mata, isang bagong araw ang dumating—at ano ang susunod na pahina sa plano ng Lumikha? Ano ang sinabi Niya? At paano Niya ginamit ang Kanyang awtoridad? Samantala, anong mga bagong bagay ang dumating dito sa bagong mundo? Sa pagsunod sa paggabay ng Lumikha, natutuon ang ating pagtingin sa pang-apat na araw ng paglikha ng Diyos sa lahat ng bagay, isang araw na isa na namang bagong pasimula. Siyempre, para sa Lumikha, walang duda na ito ay isa na namang kamangha-manghang panibagong araw, at panibagong araw na naman ito na sukdulan ang kahalagahan para sa sangkatauhan sa kasalukuyan. Tunay na ito ay isang araw na hindi masusukat ang halaga. Gaano ito kamangha-mangha, gaano ito

kahalaga, at paanong hindi masukat ang halaga nito? Makinig muna tayo sa mga salitang binigkas ng Lumikha ...

“At sinabi ng Diyos, ‘Magkaroon ng mga tanglaw sa kalawakan ng langit upang maghiwalay ng araw sa gabi; at maging pinakatanda, at pinakabahagi ng panahon, ng mga araw at ng mga taon: At maging pinakatanglaw sa kalawakan ng langit, upang tumanglaw sa ibabaw ng lupa’” (Genesis 1:14–15). Isa na naman itong paggamit ng awtoridad ng Diyos na ipinakita ng mga nilalang pagkatapos ng Kanyang paglikha ng tuyong lupa at ng mga halamang nasa loob nito. Para sa Diyos, ang naturang pagkilos ay kasing dali ng nagawa na Niya, dahil may ganoong kapangyarihan ang Diyos; kasinggaling ng Diyos ang Kanyang salita, at matutupad ang Kanyang salita. Iniutos ng Diyos na lumitaw ang mga tanglaw sa langit, at ang mga tanglaw na ito ay hindi lamang sumikat sa kalangitan at sa lupa, kundi nagsilbi ring mga tanda para sa araw at gabi, para sa mga panahon, mga araw, at mga taon. Sa paraang ito, habang binibigkas ng Diyos ang Kanyang mga salita, ang bawat pagkilos na gustong maisakatuparan ng Diyos ay natupad ayon sa kahulugan ng Diyos at sa paraang itinalaga ng Diyos.

Ang mga tanglaw sa kalangitan ay pisikal na bagay sa himpapawid na magsisinag ng liwanag; paliliwanagin ng mga iyon ang papawirin, ang lupa at mga karagatan. Umiikot ang mga ito ayon sa ritmo at dalas na iniutos ng Diyos, at tinatanglawan ang iba’t ibang sakop ng mga panahon sa ibabaw ng lupa, at sa ganitong paraan, ang mga siklo ng pag-ikot ng mga tanglaw ay ang nagsasanhi na mapalabas ang araw at gabi sa silangan at kanluran ng lupa, at hindi lamang mga tanda para sa gabi at araw ang mga iyon, ngunit sa pamamagitan ng iba’t ibang siklo na ito ay natatandaan din ang mga pista at iba’t ibang espesyal na mga araw ng sangkatauhan. Ang mga iyon ay perpektong pambuo at kasama sa apat na panahon—tagsibol, tag-araw, taglagas, at taglamig—na ipinalabas ng Diyos, na kasama ng mga tanglaw na magkakaayong nagsisilbi bilang regular at tumpak na mga tanda para sa haba ng mga buwan, araw, at taon ng sangkatauhan. Bagama’t pagkatapos lamang na dumating ang pagsasaka na nagsimulang maintindihan at makita ng sangkatauhan ang paghahati-hati ng haba ng mga buwan, araw at taon na sanhi ng mga tanglaw na nilikha ng Diyos, sa katunayan ang haba ng mga buwan, araw, at taon na naiintindihan ng tao ngayon ay nagawa na noon pa man simula noong pang-apat na araw ng paglikha ng Diyos sa lahat ng bagay, at gayundin ang nagpapalit-palit na mga siklo ng tagsibol, tag-araw, taglagas, at taglamig na naranasan ng tao ay nagsimula na noon pang ikaapat na araw ng paglikha ng Diyos sa lahat ng bagay. Ang mga tanglaw na nilikha ng Diyos ay nagbigay-kakayahan sa tao na palagian, tumpak, at malinaw na malaman ang pagkakaiba sa pagitan ng gabi at araw, at bilangin ang mga araw, at malinaw na subaybayan ang mga haba ng mga buwan at taon. (Ang araw ng kabilugan ng buwan ay ang pagkumpleto ng isang buwan, at mula rito, alam ng tao na ang pag-ilaw ng mga tanglaw ay nagsisimula ng isang bagong siklo; ang araw ng kalahating buwan ay ang pagkumpleto sa kalahati ng buwan, na nagsabi sa tao na nagsisimula na ang isang bagong buwan, at mahihinuha mula rito kung ilang

araw at gabi ang mayroon sa isang buwan, kung ilang buwan ang mayroon sa isang panahon, at kung ilang panahon mayroon sa isang taon, at ang lahat ng ito ay ibinunyag nang may napakataas na regularidad.) Kaya madaling masubaybayan ng tao ang mga buwan, araw, at taon na may mga pananda ng mga kumpletong pag-ikot ng mga tanglaw. Mula sa puntong ito, hindi namalayan ng sangkatauhan at ng lahat ng bagay na namuhay sila na may maayos na pagpapalitan ng gabi at araw at mga pagpapalitan ng mga panahon na napalabas ng mga kumpletong pag-ikot ng mga tanglaw. Ito ang kabuluhan ng paglikha sa mga tanglaw sa pang-apat na araw ng Lumikha. Katulad nito, ang mga minimithi at kabuluhan ng pagkilos na ito ng Lumikha ay hindi pa rin naihiwalay mula sa Kanyang awtoridad at kapangyarihan. At kaya ang mga tanglaw na ginawa ng Diyos at ang halaga na nalalapit nang dalhin ng mga iyon sa tao ay isa pang kumpas ng kahusayan sa paggamit ng awtoridad ng Lumikha.

Sa bagong mundong ito, kung saan ay hindi pa lumilitaw ang sangkatauhan, naihanda na ng Lumikha ang gabi at umaga, ang kalawakan, lupain at mga karagatan, damo, halaman at iba't ibang uri ng mga puno, at ang mga tanglaw, mga panahon, mga araw, at mga taon para sa bagong buhay na nalalapit na Niyang likhain. Ang awtoridad at kapangyarihan ng Lumikha ay naipahayag sa bawat bagong bagay na Kanyang nilikha, at ang Kanyang mga salita at mga nagawa ay nangyari nang sabay, nang wala ni katiting na kaibahan, at nang wala ni katiting na pagitan. Ang paglitaw at pagsilang ng lahat ng mga bagong bagay na ito ay patunay ng awtoridad at kapangyarihan ng Lumikha: kasing galing Niya ang Kanyang salita, at ang Kanyang salita ay matutupad, at ang natutupad Niya na ay mananatili magpakailanman. Hindi kailanman nagbago ang katunayang ito: ganoon sa nakaraan, ganoon din ngayon, at magiging ganoon sa buong kawalang-hanggan. Kapag muli ninyong titingnan ang mga salitang iyon sa kasulatan, nararamdaman ba ninyong bago ang mga iyon? May nakita na ba kayong mga bagong nilalaman, at nakagawa ng mga bagong pagtuklas? Iyon ay dahil naantig na ng mga ginawa ng Lumikha ang inyong mga puso, at ginabayan ang direksiyon ng inyong kaalaman sa Kanyang awtoridad at kapangyarihan, at binuksan ang pintuan ng inyong pagkaunawa sa Lumikha, at ang Kanyang mga ginawa at awtoridad ay nagbigay na ng buhay sa mga salitang ito. Kaya, sa mga salitang ito ay nakita na ng tao ang isang totoo at malinaw na pagpapahayag ng awtoridad ng Lumikha, tunay na nasaksihan ang kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, at namasdan ang pagiging di-pangkaraniwan ng awtoridad at kapangyarihan ng Lumikha.

Ang awtoridad at kapangyarihan ng Lumikha ay nagbubunga ng sunud-sunod na himala; inaakit Niya ang pansin ng tao, at walang magagawa ang tao kundi tumitig nang di-kumukurap sa mga kahanga-hangang gawa na nanggaling sa paggamit ng Kanyang awtoridad. Ang Kanyang di-pangkaraniwang kapangyarihan ay nagdudulot ng sunud-sunod na kasiyahan, at naiiwan ang tao na puno ng pagkamangha at labis na tuwa, at napapabuntong-hininga sa paghanga, tulala, at masaya; at higit pa rito, ang tao ay halatang naaantig, at nabubuo sa kanya ang paggalang, pagpipitagan, at pagkagiliw.

May matindi at nakakalinis na epekto ang awtoridad at mga gawain ng Lumikha sa espiritu ng tao, at, bukod dito, labis na binibigyang-kasiyahan nito ang espiritu ng tao. Ang bawat iniisip Niya, bawat pagbigkas Niya, at ang bawat pagbubunyag ng Kanyang awtoridad ay isang obra maestra sa gitna ng lahat ng bagay, at isang malaking gawain na pinakakarapat-dapat sa malalim na pagkaunawa at pagkakilala ng nilikhang sangkatauhan. Kapag binibilang natin ang bawat nilikha na isinilang mula sa mga salita ng Lumikha, ang mga espiritu natin ay napapalapit sa pagiging kamangha-mangha ng kapangyarihan ng Diyos, at nakikita natin ang ating mga sarili na sumusunod sa mga yapak ng Lumikha hanggang sa susunod na araw: ang panlimang araw ng paglikha ng Diyos sa lahat ng bagay.

Patuloy nating basahin nang isa-isa ang talata sa Kasulatan, habang tinitingnan natin ang mas marami pa sa mga ginawa ng Lumikha.

Sa Panglimang Araw, Itinanghal ng Iba-iba at Sari-saring Anyo ng Buhay ang Awtoridad ng Lumikha sa Magkakaibang Paraan

Sinasabi ng Kasulatan, “At sinabi ng Diyos, ‘Bukalan nang sagana ang tubig ng mga gumagalaw na nilikha na may buhay, at magsilipad ang mga ibon sa itaas ng lupa sa bukas na kalawakan ng himpapawid.’ At nilikha ng Diyos ang malalaking hayop sa dagat, at ang bawat may buhay na nilikha na gumagalaw, na ibinukal na sagana ng tubig, ayon sa kani-kanyang uri at ang lahat na may pakpak na ibon, ayon sa kani-kanyang uri: at nakita ng Diyos na ito ay mabuti” (Genesis 1:20–21). Malinaw na sinasabi sa atin ng Kasulatan na, sa araw na ito, ginawa ng Diyos ang mga nilalang sa mga katubigan, at ang mga ibon ng himpapawid, na ang ibig sabihin ay Kanyang ginawa ang iba’t ibang isda at ibon, at pinagsama-sama ang mga iyon ayon sa uri. Sa ganitong paraan, pinasagana ng paglikha ng Diyos ang lupa, ang mga papawirin, at mga katubigan ...

Habang binibigkas ang mga salita ng Diyos, isang sariwang bagong buhay, na may kanya-kanyang anyo, ang nabuhay sa isang iglap sa kalagitnaan ng mga salita ng Lumikha. Dumating sila sa mundo na nakikipaggitgitan para sa tatayuan, nagtatalunan, nagkakatuwaan sa galak.... Naglanguyan sa mga katubigan ang mga isda na may iba’t ibang hugis at sukat, naglabasan sa mga buhanginan ang lahat ng klase ng kabibe; ang may kaliskis, may talukab, at walang-gulugod na mga nilalang ay agarang naglakihan na may mga iba’t ibang anyo, kahit pa malaki o maliit, mahaba o maikli. Gayundin ay nagsimulang lumaki nang mabilis ang iba’t ibang klase ng halamang-dagat, sumasabay sa galaw ng iba’t ibang mga nabubuhay sa tubig, umaalun-alon, hinihimok ang matining na mga katubigan, na para bang sinasabi sa kanila: “Igalaw mo ang paa mo! Isama mo ang iyong mga kaibigan! Dahil hindi ka na muling mag-iisa kailanman!” Simula sa sandali na ang mga iba’t ibang buhay na nilalang na ginawa ng Diyos ay nagsilitaw sa katubigan, ang bawat sariwang bagong buhay ay nagpasigla sa mga katubigan na naging tahimik nang napakatagal, at naghatid ng isang bagong panahon.... Simula sa puntong iyon,

humimlay sila sa piling ng bawat isa, at sinamahan ang bawat isa, at hindi lumayo sa isa't isa. Umiral ang katubigan para sa mga nilalang na nasa loob nito, pinalulusog ang bawat buhay na nanirahan sa loob ng yakap nito, at ang bawat buhay ay umiral alang-alang sa katubigan dahil sa pagpapakain nito. Bawat isa ay nagsalalay ng buhay sa isa't isa, at kasabay niyon, ang bawat isa, sa parehong paraan, ay naging patotoo sa pagiging mahimala at dakila ng paglikha ng Lumikha, at sa di-mapapantayang kapangyarihan ng awtoridad ng Lumikha ...

Nang hindi na tahimik ang karagatan ay nagsimula na ring punuin ng buhay ang mga papawirin. Ang mga ibon, malaki at maliit, ay isa-isang nagliparan sa himpapawid mula sa lupa. Hindi tulad ng mga nilalang sa karagatan, may mga pakpak sila at balahibo na tumatakip sa kanilang mga payat at masiglang mga anyo. Ikinampay nila ang kanilang mga pakpak, mapagmalaki at mayabang na ipinakikita ang kanilang napakagandang balabal na balahibo at ang kanilang natatanging mga nagagawa at kakayahang ipinagkaloob sa kanila ng Lumikha. Malaya silang pumailanglang, at bihasang nagpabalik-balik sa pagitan ng langit at lupa, patawid sa mga damuhan at mga kagubatan.... Sila ang mga ginigiliw ng hangin, sila ang mga ginigiliw ng lahat ng bagay. Di-maglalaon ay magiging bigkis sila sa pagitan ng langit at lupa, at magdadala ng mga mensahe sa lahat ng bagay.... Kumanta sila, masaya silang nandaragit, nagdulot sila ng aliw, halakhak, at kasiglahan dito sa minsan nang hungkag na mundo.... Gamit nila ang kanilang malinaw at malambing na pagkanta, gamit ang mga salita sa kanilang mga puso upang purihin ang Lumikha para sa buhay na ipinagkaloob sa kanila. Masaya silang sumayaw para ipakita ang pagkaperpekto at pagiging mahimala ng paglikha ng Lumikha, at ilalaan ang kanilang buong buhay sa pagpapatotoo sa awtoridad ng Lumikha sa pamamagitan ng natatanging buhay na Kanyang ipinagkaloob sa kanila ...

Kung sila man ay nasa tubig, o sa mga papawirin, sa pamamagitan ng utos ng Lumikha, ang napakaraming bagay na ito na may buhay ay umiral sa iba't ibang kayarian ng buhay, at sa utos ng Lumikha, nagsama-sama sila ayon sa kani-kanyang uri—at ang batas na ito, ang patakarang ito, ay di-kayang baguhin ng anumang mga nilalang. Hindi sila kailanman nangahas na lumampas sa mga hangganang itinalaga para sa kanila ng Lumikha, ni hindi nila ito magawa. Ayon sa pagtatalaga ng Lumikha, namuhay sila at nagpakarami, at mahigpit na sumunod sa takbo ng buhay at mga batas na itinalaga para sa kanila ng Lumikha, at sadya silang sumunod sa Kanyang mga di-binibigkas na mga utos at sa mga kautusan at tuntunin ng kalangitan na Kanyang ibinigay sa kanila, magpahanggang sa ngayon. Nakipag-usap sila sa Lumikha sa kanilang sariling natatanging paraan, at natutuhang pahalagahan ang kahulugan ng Lumikha, at sumunod sa Kanyang mga utos. Walang sinuman ang lumabag sa awtoridad ng Lumikha kailanman, at ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan at utos sa kanila ay naipapaabot mula sa loob ng Kanyang mga iniisip; walang mga salitang inilabas, ngunit ang awtoridad na natatangi sa Lumikha ang kumontrol nang tahimik sa lahat ng bagay na hindi nakapagsasalita at naiiba mula sa sangkatauhan. Ang paggamit ng Kanyang awtoridad

sa natatanging paraang ito ay pumilit sa tao na magtamo ng bagong kaalaman, at makagawa ng bagong pakahulugan, sa natatanging awtoridad ng Lumikha. Dito, kailangan Kong sabihin sa inyo na sa bagong araw na ito, ipinakitang muli ng paggamit ng awtoridad ng Lumikha ang pagiging bukod-tangi ng Lumikha.

Susunod, tingnan natin ang huling pangungusap sa talatang ito ng kasulatan: “nakita ng Diyos na ito ay mabuti” ito. Ano sa tingin ninyo ang ibig nitong sabihin? Ang mga damdamin ng Diyos ay nakapaloob sa mga salitang ito. Pinanood ng Diyos na mabuo at di-matinag ang lahat ng bagay na Kanyang nilikha dahil sa Kanyang mga salita, at unti-unting nagsimulang magbago. Sa sandaling ito, nasiyahan ba ang Diyos sa iba’t ibang mga bagay na Kanyang nagawa sa pamamagitan ng Kanyang mga salita, at sa iba’t ibang gawain na Kanyang naisakatuparan? Ang sagot ay “nakita ng Diyos na ito ay mabuti” ito. Ano ang nakikita ninyo rito? Ano ang tinutukoy ng “nakita ng Diyos na ito ay mabuti”? Ano ang sinisimbolo nito? Ibig sabihin nito ay may kapangyarihan at karunungan ang Diyos na tuparin ang Kanyang binalak at iniatas, para maisakatuparan ang mga mithiing Kanyang inilatag na makamit. Nang nakumpleto na ng Diyos ang bawat gawain, nakaramdam ba Siya ng pagsisisi? Ang sagot pa rin ay “nakita ng Diyos na ito ay mabuti.” Sa madaling salita, hindi lamang sa hindi Siya nagsisi, ngunit sa halip ay nasiyahan Siya. Ano ba ang ibig sabihin ng wala Siyang pagsisisi? Ang ibig sabihin nito ay perpekto ang plano ng Diyos, na perpekto ang Kanyang kapangyarihan at karunungan, at sa pamamagitan lamang ng Kanyang awtoridad na ang naturang pagkaperpekto ay matutupad. Kapag ang tao ay gumaganap ng isang gawain, makikita ba niya, tulad ng Diyos, na ito ay maganda? Ang lahat ng bagay ba na magagawa ng tao ay naaabot ang pagkaperpekto? Makukumpleto ba ng tao ang isang bagay nang minsanan at hanggang kawalang-hanggan? Tulad ng sinasabi ng tao, “walang perpekto, ang mayroon lamang ay pagpapabuti,” walang bagay na ginagawa ng tao na makakaabot sa pagkaperpekto. Nang nakita ng Diyos na ang lahat na Kanyang nagawa na at nakamtan ay mabuti, lahat ng ginawa ng Diyos ay itinalaga ng Kanyang mga salita, ibig sabihin, noong “nakita ng Diyos na ito ay mabuti”, ang lahat ng Kanyang nagawa ay naging permanente na ang anyo, pinagsama-sama ayon sa uri, at binigyan ng permanenteng posisyon, layunin, at tungkulin, nang minsanan hanggang sa kawalang-hanggan. Bukod dito, ang kanilang papel sa gitna ng lahat ng bagay, at ang paglalakbay na dapat nilang suungin sa panahon ng pamamahala ng Diyos sa lahat ng bagay, ay naitalaga na ng Diyos, at hindi na mababago. Ito ang batas ng kalangitan na ibinigay ng Lumikha sa lahat ng bagay.

“Nakita ng Diyos na ito ay mabuti”, ang simple at di-gaanong pinahahalagahang mga salitang ito, na kadalasang binabalewala, ay ang mga salita ng batas ng kalangitan at alituntunin ng kalangitang ibinigay sa lahat ng nilalang ng Diyos. Ang mga iyon ay isa pang pagsasakatawan ng awtoridad ng Lumikha, isang bagay na mas praktikal, at mas malalim. Sa pamamagitan ng Kanyang mga salita, hindi lamang natamo ng Lumikha kung ano ang itinakda Niya na matamo, at nakamtan ang lahat ng itinakda Niyang makamtan, kundi mapipigilan din ng Kanyang mga kamay ang lahat ng Kanyang nilikha,

at mapapagharian ang lahat ng bagay na Kanyang nagawa sa ilalim ng Kanyang awtoridad, at, dagdag pa rito, ang lahat ay sistematiko at regular. Ang lahat ng bagay rin ay lumaganap, umiral, at namatay sa pamamagitan ng Kanyang salita at, bukod diyan, umiral ang mga ito sa batas na Kanyang itinalaga sa pamamagitan ng Kanyang awtoridad, at walang hindi saklaw nito! Agad na nagsimula ang batas na ito sa mismong sandali na “nakita ng Diyos na ito ay mabuti”, at ito ay iiral, magpapatuloy, at gagana para sa kapakanan ng plano ng pamamahala ng Diyos hanggang sa araw na ipawawalang-bisa ito ng Lumikha! Ang natatanging awtoridad ng Lumikha ay hindi lamang naipapamalas sa Kanyang kakayahang likhain ang lahat ng bagay at utusan ang lahat ng bagay na mabuo, kundi sa kakayahan din Niya na pamahalaan at hawakan ang kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay, at ipagkaloob ang lakas at kasiglahan sa lahat ng bagay, at, bukod pa rito, sa Kanyang kakayahang magsanhi, nang minsanan at magpasawalang-hanggan, sa lahat ng bagay na gagawin Niya sa Kanyang plano na lumitaw at umiral sa mundong ginawa Niya na may perpektong hugis, at perpektong kayarian ng buhay, at isang perpektong gagampanan. Gayundin, naipakita ito sa paraan na ang mga iniisip ng Lumikha ay hindi sumailalim sa anumang mga limitasyon, at di-limitado ng oras, espasyo, o heograpiya. Tulad ng Kanyang awtoridad, ang natatanging pagkakakilanlan ng Lumikha ay mananatiling di-nagbabago mula sa kawalang-hanggan hanggang sa kawalang-hanggan. Ang Kanyang awtoridad ay laging magiging pagkakatawan at sagisag ng Kanyang natatanging pagkakakilanlan, at ang Kanyang awtoridad ay iiral magpakailanman kaagapay ng Kanyang pagkakakilanlan!

Sa Pang-anim na Araw, Nagsalita ang Lumikha, at ang Bawat Uri ng Buhay na Nilalang sa Kanyang Isipan ay Lumitaw nang Isa-isa

Hindi mamamalayan na nagpatuloy ang paggawa ng Lumikha sa lahat ng bagay nang limang araw, kasunod agad na sinalubong ng Lumikha ang pang-anim na araw ng Kanyang paglikha ng lahat ng bagay. Isa na namang bagong pasimula ang araw na ito, at isa muling pambihirang araw. Ano kaya ang plano ng Lumikha sa bisperas ng bagong araw na ito? Anong mga bagong nilalang ang Kanyang ilalabas, ang lilikhain Niya? Makinig, iyan ang boses ng Lumikha ...

“At sinabi ng Diyos, ‘Bukalan ang lupa ng mga may buhay na nilikha ayon sa kani-kanyang uri, ng bakahan at ng mga nilikha na umuusad, at ng mga hayop sa lupa, ayon sa kani-kanyang uri.’ at nagkagayon. At nilikha ng Diyos ang hayop sa lupa ayon sa kanyang uri, at ang bakahan ayon sa kanyang uri, at ang bawat umuusad sa ibabaw ng lupa ayon sa kani-kanyang uri: at nakita ng Diyos na ito ay mabuti” (Genesis 1:24–25). Anong mga buhay na nilalang ang kasama rito? Sinasabi ng Kasulatan: mga baka, at mga gumagapang na nilalang, at mga hayop ng lupa ayon sa kanyang uri. Ibig sabihin, sa araw na ito, hindi lamang mayroong iba’t ibang uri ng mga buhay na nilalang sa lupa, kundi napagsama-sama silang lahat ayon sa uri, at gayon din naman, “nakita ng Diyos na ito ay mabuti.”

Tulad ng nakaraang limang araw, sa parehong tono, sa pang-anim na araw ay iniutos ng Lumikha ang pagsilang ng mga gusto Niyang mga buhay na nilalang, at lumitaw ang mga ito sa lupa, ang bawat isa ayon sa kanilang uri. Kapag ginagamit ng Lumikha ang Kanyang awtoridad, wala sa Kanyang mga salita ang nabibigkas nang walang saysay, at kaya, sa pang-anim na araw, ang bawat buhay na nilalang na nilayon Niyang likhain ay lumitaw sa itinakdang sandali. Tulad ng sinabi ng Lumikha, “Bukalan ang lupa ng mga may buhay na nilikha ayon sa kani-kanyang uri,” agad na napuno ng sigla ang mundo, at sa ibabaw ng lupain ay biglang naglitawan ang hininga ng lahat ng uri ng mga buhay na nilalang.... Sa madamong berdeng kaparangan, ang matatabang baka, na ikinakawag ang kanilang mga buntot nang paroon at parito, ay isa-isang lumitaw, ang mga umuungang tupa ay nagtipun-tipon tungo sa mga kawan, at ang humahalinghing na mga kabayo ay nagsimulang magsikabig.... Sa isang iglap, napuno ng sigla ang malaking kalawakan ng tahimik na damuhan.... Ang paglitaw ng sari-saring uri ng mga hayop na ito ay isang magandang tanawin sa payapang damuhan, at nagdulot ito ng walang hangganang kasiglahan.... Sila ang magiging mga kasama ng mga damuhan, at ang mga panginoon ng mga damuhan, bawat isa ay nakadepende sa isa’t isa; gayon din sila ang magiging tagabantay at tagapangalaga ng mga lupaing ito, na siyang magiging permanenteng tirahan nila, at siyang magbibigay sa kanila ng lahat ng kailangan nila at pagmumulan ng walang-hanggang pagkain para sa kanilang pag-iral ...

Sa parehong araw na nabuhay ang iba’t ibang mga hayop na ito, sa pamamagitan ng salita ng Lumikha ay isa-isa ring lumitaw ang maraming insekto. Kahit na sila ang pinakamaliliit sa mga bagay na may buhay sa gitna ng lahat ng nilalang, ang puwersa ng kanilang buhay ay mahimalang paglikha pa rin ng Lumikha, at hindi sila dumating nang napakahuli.... Ikinampay ng iba ang kanilang maliliit na pakpak, habang ang mga iba ay dahan-dahang gumapang; ang iba ay tumalon at tumalbog, ang ilan ay sumuray-suray; ang ilan ay gumulong pasulong, habang ang iba ay mabilis na umurong; ang iba ay gumalaw nang patagilid, ang iba naman ay tumalon nang pataas at paibaba.... Abala ang lahat sa paghahanap ng mga tahanan para sa kanilang mga sarili: Ang ilan ay sumuot sa damuhan, ang ilan ay nagsimulang maghukay ng mga butas sa lupa, ang ilan ay lumipad pataas tungo sa mga puno at nakatago sa mga kagubatan.... Kahit na maliit, hindi nila gustong tiisin ang hirap kapag walang laman ang tiyan, at matapos makakita ng kanilang sariling mga matitirahan, nagmadali silang maghanap ng pagkain para pakainin ang kanilang mga sarili. Ang iba ay umakyat sa damo para kainin ang mga malalambot nitong dahon, ang iba ay umukab sa lupa at nilunok ito patungo sa kanilang mga tiyan, sarap na sarap at siyang-siya habang kumakain (para sa kanila, kahit ang lupa ay masarap na pagkain); ang ilan ay nakatago sa mga kagubatan, ngunit hindi huminto ang mga ito para magpahinga, dahil ang dagta sa loob ng makikintab at matitingkad na berdeng dahon ay nagkaloob ng napakasarap na pagkain.... Matapos magsawa ang mga ito, hindi pa rin huminto sa kanilang mga gawain ang mga insekto;

bagama't mababa ang katayuan, may taglay na napakatinding kalakasan at walang-limitasyong kasiglahan ang mga ito, at kaya sa lahat ng nilalang, ang mga ito ang pinakamaliliksi at pinakamasisipag. Hindi sila kailanman naging tamad, at kailanman ay hindi nagpasasa sa pamamahinga. Sa sandaling magsawa sa kakakain, nagtatrabaho pa rin ang mga ito alang-alang sa kanilang hinaharap, abala sila at nagmamadali para sa kanilang kinabukasan, para sa pagpapatuloy ng kanilang buhay.... Marahan silang humuni ng mga awitin na may sari-saring himig at ritmo para palakasin at himukin ang kanilang mga sarili na magpatuloy. Nagdulot din sila ng kasiyahan sa damuhan, mga puno, at sa bawat pulgada ng lupa, ginagawa ang bawat araw, at ang bawat taon, na natatangi.... Sa kanilang sariling mga wika at sa kanilang sariling mga paraan, nagdala ng kabatiran ang mga ito sa lahat ng bagay na may buhay sa kalupaan. Gamit ang kanilang sariling espesyal na pamumuhay, minarkahan nila ang lahat ng bagay, kung saan nag-iwan sila ng mga bakas.... Malapit ang relasyon nila sa lupa, sa damuhan, at sa mga kagubatan, at nagdulot sila ng kalakasan at kasiglahan sa lupa, sa damuhan, at sa mga kagubatan. Dinala ng mga ito ang mga pangaral at pagbati ng Lumikha sa lahat ng bagay na nabubuhay ...

Tinitigan ng Lumikha ang lahat ng bagay na Kanyang nalikha, at sa sandaling ito ang Kanyang mata ay sandaling napako sa mga kagubatan at kabundukan habang umiikot ang isipan Niya. Habang ang Kanyang mga salita ay binigkas, sa makakapal na kagubatan, at sa ibabaw ng mga kabundukan, may lumitaw na isang uri ng nilalang na di-tulad ng ibang dati nang dumating: Ang mga iyon ay ang mababangis na hayop na binigkas ng bibig ng Diyos. Dapat sana ay noon pa, iniling-iling nila ang kanilang mga ulo at iwinasi-wasiwas ang kanilang mga buntot, bawat isa ay may kani-kanilang natatanging itsura. May mabalahibo, mayroong may kalasag, may naglabas ng mga pangil, may nakangisi, may mahaba ang leeg, may maikli ang buntot, mayroong mabangis ang tingin, may mahiyaing tingin, may nakayukong kumakain ng damo, mayroong may dugo sa kanilang mga bibig, may lumuluksu-lukso sa dalawang paa, may naglalakad gamit ang apat na malalaking paa, may nakatanaw sa malayo sa itaas ng mga puno, may naghihintay sa mga kagubatan, may mga naghahanap ng mga kweba para mamahinga, may masasayang nagtatakbuhan sa mga kapatagan, may mga umaaliligid sa mga kagubatan...; may mga umuungol, may mga umaalulong, may mga tumatahol, may mga umiiyak...; may mga soprano, may mga baritono, may mga malagong, may mga malinaw at malambing...; may mga mabagsik, may mga maganda, may mga nakakadiri, may mga nakatutuwa, may mga nakakatakot, may mga walang-muwang na kaakit-akit.... Isa-isa silang naglabasan. Tingnan kung gaano sila kataas at kalakas, malaya, medyo mailap sa isa't isa, hindi man lamang sumusulyap sa isa't isa.... Bawat isa ay taglay ang partikular na buhay na ipinagkaloob sa kanila ng Lumikha, at ang kanilang sariling kabangisan, at kalupitan, lumitaw sila sa mga kagubatan at sa mga kabundukan. Hinahamak ang lahat, ganap na nangingibabaw—sila nga talaga ay mga tunay na amo ng mga kabundukan at kagubatan. Mula sa sandaling itinalaga ng

Lumikha ang kanilang mga hitsura, “inangkin” na nila ang mga kagubatan at ang mga kabundukan, dahil isinara na ng Lumikha ang kanilang mga hangganan at tinukoy na ang sakop ng kanilang pag-iral. Sila lamang ang totoong mga panginoon ng mga kabundukan at kagubatan, at kaya napakabangis nila, napakasuwail. Tinawag silang “mababangis na hayop” sa tanging kadahilanan na, sa lahat ng nilalang, sila ang siyang tunay na mabangis, malupit, at hindi mapaamo. Hindi sila mapapaamo, kaya hindi sila maaalagaan, at hindi makakapamuhay nang kaayon ng sangkatauhan o magtrabaho para sa sangkatauhan. Ito ay dahil hindi sila maaalagaan, hindi makakagawa ang mga ito para sa sangkatauhan, na kailangang mamuhay ang mga ito nang malayo sa sangkatauhan, at hindi malalapitan ang mga ito ng tao. Bunga nito, dahil namuhay sila nang malayo sa sangkatauhan, at hindi malapitan ng tao, kaya nagawang tuparin ng mga ito ang responsibilidad na ipinagkaloob sa kanila ng Lumikha: ang pagbabantay sa mga kabundukan at sa mga kagubatan. Pinangalagaan ng kabangisan ng mga ito ang mga kabundukan at binantayan ang mga kagubatan, at ang pinakamahusay na pag-iingat at kasiguruhan ng kanilang pag-iral at pagpaparami. Kasabay nito, pinanatili at siniguro ng kabangisan ng mga ito ang pagiging balanse ng lahat ng bagay. Ang kanilang pagdating ay nagbigay ng suporta at kanlungan sa mga kabundukan at mga kagubatan; ang pagdating ng mga ito ay nagdala ng walang-hangganang kalakasan at kasiglahan sa tahimik at walang-buhay na mga kabundukan at mga kagubatan. Mula sa puntong ito, naging permanenteng tirahan na nila ang mga kabundukan at mga kagubatan, at kailanman ay hindi mawawala sa kanila ang kanilang tirahan, dahil lumitaw at umiral ang mga kabundukan at mga kagubatan para sa kanila; tutuparin ng mababangis na hayop ang kanilang mga tungkulin at gagawin ang lahat ng kanilang makakaya para bantayan ang mga iyon. Kaya, gayundin, ang mababangis na hayop ay mahigpit na susunod sa mga tagubilin ng Lumikha na panghawakan ang kanilang mga teritoryo, at patuloy na gamitin ang kanilang mababangis na kalikasan para panatilihin ang pagiging balanse ng lahat ng bagay na itinatag ng Lumikha, at ipakita ang awtoridad at kapangyarihan ng Lumikha!

Sa Ilalim ng Awtoridad ng Lumikha, Perpekto ang Lahat ng Bagay

Ang lahat ng bagay na nilikha ng Diyos, kasama ang mga nakagagalaw at ang mga di-nakagagalaw, tulad ng mga ibon at isda, tulad ng mga puno at mga bulaklak, at kasama ang mga hayop sa bukid, mga insekto, at mababangis na hayop na ginawa noong pang-anim na araw—mabuti ang lahat ng ito sa mata ng Diyos, at, dagdag pa rito, sa mata ng Diyos, ang mga bagay na ito, alinsunod sa Kanyang plano, ay nakaabot lahat sa ruok ng pagkaperpekto at naabot na ang mga pamantayan na nais makamit ng Diyos. Sa paisa-isang hakbang, ginawa ng Lumikha ang gawaing Kanyang nilayong gawin ayon sa Kanyang plano. Sunud-sunod na lumitaw ang mga bagay na Kanyang hinangad na likhain, at ang paglitaw ng bawat isa ay isang salamin ng awtoridad ng Lumikha, isang pagbubuu-buo ng Kanyang awtoridad; dahil sa mga pagbubuu-buong

ito, walang magagawa ang lahat ng nilalang kundi maging mapagpasalamat para sa biyaya at sa pagtustos ng Lumikha. Habang ipinamamalas ng mapaghimalang mga gawa ng Diyos ang kanilang mga sarili, lumobo ang mundong ito, nang paisa-isang piraso, dahil sa lahat ng bagay na nilikha ng Diyos, at nabago ito mula sa kaguluhan at kadiliman patungo sa kalinawan at kaliwanagan, mula sa patay na katahimikan patungo sa pagiging buhay na buhay at walang-hangganang kasiglahan. Sa lahat ng bagay ng sangnilikha, mula sa malaki hanggang sa maliit, mula sa maliit hanggang sa mikroskopiko, walang hindi nilikha sa pamamagitan ng awtoridad at kapangyarihan ng Lumikha, at nagkaroon ng natatangi at likas na pangangailangan at halaga sa pag-iral ng bawat nilalang. Anuman ang mga pagkakaiba sa kanilang mga hugis at kayarian, kailangan silang magawa ng Lumikha para umiral sa ilalim ng awtoridad ng Lumikha. Kung minsan ang mga tao ay makakakita ng insekto, isa na napakapangit, at sasabihin nila, “Ang insektong iyan ay nakakatakot, hindi mangyayari na ang gayong kapangit na bagay ay magagawa ng Diyos—hindi mangyayari na makakalikha Siya ng isang bagay na napakapangit.” Napakahangal na pananaw! Ang dapat nilang sabihin ay, “Kahit napakapangit ng insektong ito, ginawa ito ng Diyos, kaya tiyak na mayroon itong natatanging layunin.” Sa isipan ng Diyos, sinadya Niya na bigyan ng kani-kanilang itsura, at lahat ng uri ng mga tungkulin at mga paggagamitan, ang iba’t ibang mga bagay na may buhay na Kanyang nilikha, at kaya wala sa mga bagay na ginawa ng Diyos ang kinuha mula sa parehong hulmahan. Mula sa kanilang panlabas hanggang sa kanilang panloob na komposisyon, mula sa kanilang nakasanayang pamumuhay hanggang sa lugar na kanilang nasasakupan—magkakaiba ang bawat isa. Ang mga baka ay may itsura ng mga baka, ang mga buriko ay may itsura ng mga buriko, ang mga usa ay may itsura ng mga usa, at ang mga elepante ay may itsura ng mga elepante. Masasabi mo ba kung alin ang pinakamaganda, at alin ang pinakapangit? Masasabi mo ba kung alin ang pinakamahalaga, at aling pag-iral ang pinakahindi kailangan? May mga taong gusto ang itsura ng mga elepante, ngunit walang tao ang gumagamit ng mga elepante para magtanim sa mga bukid; may mga taong gusto ang itsura ng mga leon at tigre, dahil ang kanilang itsura ang pinakakahanga-hanga sa lahat ng bagay, ngunit kaya mo ba silang gawing alagang hayop? Sa madaling salita, pagdating sa di-mabibilang na mga bagay sa sangnilikha, kailangang umayon ang tao sa awtoridad ng Lumikha, na ang ibig sabihin ay umaayon sa kaayusan na itinakda ng Lumikha sa lahat ng bagay; ito ang pinakamatalinong saloobin. Tanging ang saloobin ng paghahanap, at pagsunod, sa orihinal na mga layunin ng Lumikha ang tunay na pagtanggap at katiyakan ng awtoridad ng Lumikha. Mabuti ito sa mata ng Diyos, kaya anong dahilan ang mayroon ang tao para maghanap ng kamalian?

Kaya, ang lahat ng bagay sa ilalim ng awtoridad ng Lumikha ay tutugtog ng isang bagong simponya para sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, magsisimula ng isang maningning na pambungad para sa Kanyang gawain sa panibagong araw, at sa sandaling ito, ang Lumikha ay bubuklat din ng bagong pahina sa gawain ng Kanyang

pamamahala! Ayon sa batas na itinakda ng Lumikha sa mga sariwang usbong sa tagsibol, sa pagpapahinog sa tag-init, sa pag-aani sa taglagas, at pag-iimbak sa taglamig, ang lahat ng bagay ay aayon sa plano ng pamamahala ng Lumikha, at kanilang sasalubungin ang kanilang sariling bagong araw, bagong simula, at bagong takbuhin ng buhay. Sila ay patuloy na mabubuhay at magpaparami nang sunud-sunod at walang katapusan para salubungin ang bawat araw sa ilalim ng kataas-taasang kapangyarihan ng awtoridad ng Lumikha ...

Wala sa mga Nilikha at Di-nilikha ang Makakapalit sa Pagkakakilanlan ng Lumikha

Mula nang sinimulan Niya ang paglikha sa lahat ng bagay, nagsimulang mahayag at mabunyag ang kapangyarihan ng Diyos, dahil gumamit ang Diyos ng mga salita para likhain ang lahat ng bagay. Kahit sa ano pa mang paraan Niya nilikha ang mga iyon, ano man ang dahilan kung bakit Niya nilikha ang mga iyon, ang lahat ng bagay ay nalikha at nanindigan at umiral dahil sa mga salita ng Diyos; ito ang natatanging awtoridad ng Lumikha. Noong panahon bago lumitaw ang sangkatauhan sa mundo, ginamit ng Lumikha ang Kanyang kapangyarihan at awtoridad para likhain ang lahat ng bagay para sa sangkatauhan, at ginamit ang Kanyang mga natatanging pamamaraan para ihanda ang angkop na kapaligiran para sa pamumuhay ng sangkatauhan. Lahat ng Kanyang ginawa ay paghahanda para sa sangkatauhan, na hindi maglalaon ay tatanggap ng Kanyang hininga. Ibig sabihin, noong panahon bago nilikha ang sangkatauhan, naipakita ang awtoridad ng Diyos sa lahat ng nilalang na iba sa sangkatauhan, sa mga bagay na kasing laki ng kalangitan, ng mga tanglaw, ng mga karagatan, at ng kalupaan, at doon sa maliliit na hayop at mga ibon, gayon din sa lahat ng uri ng mga insekto at mikroorganismo, kasama na ang mga iba't ibang mikrobyo na hindi nakikita ng mata. Binigyan ng buhay ang bawat isa sa pamamagitan ng mga salita ng Lumikha, lumaganap ang bawat isa dahil sa mga salita ng Lumikha, at namuhay ang bawat isa sa ilalim ng kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha dahil sa Kanyang mga salita. Kahit na hindi nila natanggap ang hininga ng Lumikha, ipinakita pa rin nila ang buhay at kasiglahan na ipinagkaloob sa kanila ng Lumikha sa pamamagitan ng kanilang mga iba't ibang anyo at mga kayarian; kahit na hindi sila nakatanggap ng abilidad na makapagsalita na ibinigay sa sangkatauhan ng Lumikha, nakatanggap ang bawat isa ng paraan ng paghahayag ng kanilang buhay na ipinagkaloob sa kanila ng Lumikha, at naiiba sa wika ng tao. Ang awtoridad ng Lumikha ay hindi lamang nagbibigay ng kasiglahan ng buhay sa mga animo ay di-gumagalaw na mga materyal na bagay, para hindi sila kailanman maglaho, kundi nagbibigay rin ng likas na kaisipan sa bawat nabubuhay na manganak at magparami, para hindi sila maglalaho kailanman, at para, sa mga susunod na henerasyon, ipapasa nila ang ipinagkaloob sa kanila ng Lumikha na mga batas at mga prinsipyo ng pananatiling buhay. Ang paraan kung paano ginagamit ng Lumikha ang Kanyang awtoridad ay hindi mahigpit na nakakapit sa malawak o malalim na pananaw,

at hindi limitado sa anumang anyo; kaya Niyang pamahalaan ang pagtakbo ng sansinukob at hawakan ang kataas-taasang kapangyarihang sa buhay at kamatayan ng lahat ng bagay, at, higit pa rito, kaya Niyang patakbuhan ang lahat ng bagay para sila ay magsilbi sa Kanya; kaya Niyang pamahalaan ang lahat ng ginagawa ng mga kabundukan, ilog, at lawa, at pagharian ang lahat ng bagay na nakapaloob sa kanila, at, higit pa rito, ay kaya Niyang ibigay kung ano ang kailangan ng lahat ng bagay. Ito ang pagpapamalas ng natatanging awtoridad ng Lumikha sa lahat ng bagay bukod sa sangkatauhan. Ang naturang pagpapamalas ay hindi lamang panghabambuhay; ito ay hindi kailanman hihinto, o magpapahinga, at hindi ito mababago o masisira ng sinumang tao o bagay, ni madaragdagan o mababawasan ng sinumang tao o bagay—dahil walang makakapalit sa pagkakakilanlan ng Lumikha, at, samakatuwid, hindi mapapalitan ng anumang nilikha ang awtoridad ng Lumikha; hindi ito naaabot ng anumang di-nilikha. Halimbawa, ang mga mensahero at mga anghel ng Diyos. Hindi nila taglay ang kapangyarihan ng Diyos, mas lalong hindi nila taglay ang awtoridad ng Lumikha, at ang dahilan kung bakit hindi nila taglay ang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos ay dahil hindi nila taglay ang diwa ng Lumikha. Ang mga di-nilikha, tulad ng mga mensahero at mga anghel ng Diyos, kahit na magagawa nila ang ilang bagay sa ngalan ng Diyos, hindi nila maaaring katawanin ang Diyos. Kahit na may ilang kapangyarihan sila na wala ang tao, hindi nila taglay ang awtoridad ng Diyos, hindi nila taglay ang awtoridad ng Diyos na likhain ang lahat ng bagay, na utusan ang lahat ng bagay, at hawakan ang kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay. Kaya hindi mapapalitan ng anumang di-nilikha ang pagiging natatangi ng Diyos, at, tulad nito, hindi mapapalitan ng anumang di-nilikha ang awtoridad at kapangyarihan ng Diyos. Sa Bibliya, may nabasa ka bang sinumang mensahero ng Diyos na lumikha ng lahat ng bagay? Bakit hindi inutusan ng Diyos ang sinuman sa Kanyang mga mensahero o mga anghel na likhain ang lahat ng bagay? Ito ay dahil hindi nila taglay ang awtoridad ng Diyos, at kaya wala silang abilidad na gamitin ang awtoridad ng Diyos. Tulad ng lahat ng nilalang, nasa ilalim silang lahat ng kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, at nasa ilalim ng awtoridad ng Lumikha, at kaya sa parehong paraan, ang Lumikha rin ang kanilang Diyos at Pinakamataas na Pinuno. Sa bawat isa sa kanila—kung sila man ay marangal o hamak, may malaki o maliit na kapangyarihan—wala ni isa ang makakahigit sa awtoridad ng Lumikha, at kaya sa kanilang lahat, wala ni isa ang makakapalit sa pagkakakilanlan ng Lumikha. Kailanman ay hindi sila matatawag na Diyos, at kailanman ay hindi nila makakayang maging ang Lumikha. Ang mga ito ay di-nababagong mga katotohanan at realidad!

Sa pamamagitan ng pagbabahaginan sa itaas, maaari ba nating masabi ang mga sumusunod: tanging ang Lumikha at Pinuno ng lahat ng bagay, Siya na may natatanging awtoridad at natatanging kapangyarihan, ang matatawag na natatanging Diyos Mismo? Sa puntong ito, maaari ninyong maramdamang masyadong malalim ang naturang katanungan. Sa ngayon ay wala kayong kakayahang unawain ito, at hindi mahiwatigan ang diwa nito, at kaya sa sandaling ito nararamdaman ninyo na mahirap itong sagutin.

Kung gayon, ipagpapatuloy Ko ang Aking pagbabahagi. Susunod, hahayaan Ko kayong makita ang mga aktwal na ginagawa ng maraming aspeto ng awtoridad at kapangyarihang taglay lamang ng Diyos, at kaya hahayaan Ko kayong tunay na maunawaan, pahalagahan, at malaman ang pagiging bukod-tangi ng Diyos, at kung ano ang ibig sabihin ng natatanging awtoridad ng Diyos.

2. Ginagamit ng Diyos ang Kanyang mga Salita Para Magtatag ng Kasunduan sa Tao

Genesis 9:11–13 At Aking pagtitibayin ang Aking tipan sa inyo; ni hindi Ko na lilipulin ang lahat ng laman sa pamamagitan ng tubig ng baha; ni hindi na magkakaroon pa ng bahang gigiba sa lupa. At sinabi ng Diyos, “Ito ang tanda ng tipang ginawa Ko sa inyo, at sa bawat kinapal na may buhay na kasama ninyo sa buong panahon: Ang Aking bahaghari ay inilalagay Ko sa alapaap, at siyang magiging tanda ng tipan Ko at ng lupa.”

Matapos Niyang Gawin ang Lahat ng Bagay, Pinagtibay at Muling Naipakita ang Awtoridad ng Lumikha sa Kasunduan ng Bahaghari

Ang awtoridad ng Lumikha ay palaging naipapakita at ginagamit sa lahat ng nilalang, at hindi lamang Niya pinamumunuan ang kapalaran ng lahat ng bagay, kundi pinamumunuan din ang sangkatauhan, ang espesyal na nilalang na Kanyang nilikha gamit ang Kanyang sariling mga kamay at nagtataglay ng ibang kayarian ng buhay at umiiral sa ibang anyo ng buhay. Matapos gawin ang lahat ng bagay, hindi huminto ang Lumikha sa paghahayag ng Kanyang awtoridad at kapangyarihan; para sa Kanya, ang awtoridad na ginagamit Niya para hawakan ang kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay at sa kapalaran ng buong sangkatauhan, ay pormal na nagsimula lamang sa sandaling ang sangkatauhan ay tunay na naisilang mula sa Kanyang kamay. Nilayon Niyang pangasiwaan ang sangkatauhan, at pagharian ang sangkatauhan; nilayon Niyang iligtas ang sangkatauhan at tunay na makamit ang sangkatauhan, na makamit ang isang sangkatauhan na makakapamahala sa lahat ng bagay; nilayon Niyang gawin ang naturang sangkatauhan na mabuhay sa ilalim ng Kanyang awtoridad, at kilalanin at sundin ang Kanyang awtoridad. Kaya, nagsimula ang Diyos na opisyal na ipahayag ang Kanyang awtoridad sa tao gamit ang Kanyang mga salita, at nagsimulang gamitin ang Kanyang awtoridad para magkatotoo ang Kanyang mga salita. Siyempre, naipakita ang awtoridad ng Diyos sa lahat ng lugar sa panahon ng prosesong ito; pumili lamang Ako ng ilang partikular at kilalang halimbawa kung saan ay maaari ninyong maintindihan at makilala ang pagiging bukod-tangi ng Diyos at ang Kanyang natatanging awtoridad.

May pagkakapareho sa pagitan ng talata sa Genesis 9:11–13 at sa mga talata sa itaas patungkol sa tala ng paglikha ng Diyos sa mundo, ngunit may pagkakaiba rin. Ano ang pagkakapareho? Ang pagkakapareho ay nasa paggamit ng Diyos ng mga salita upang gawin kung ano ang nilayon Niya, at ang pagkakaiba ay ang pagkatawan ng mga talatang sinipi rito sa pakikipag-usap ng Diyos sa tao, kung saan ay nagtatag Siya ng

kasunduan sa tao at sinabi sa tao kung ano ang nilalaman ng kasunduan. Ang paggamit ng awtoridad ng Diyos na ito ay nakamit sa panahon ng pakikipag-usap Niya sa tao, na ang ibig sabihin ay bago ang paglikha sa sangkatauhan, ang mga salita ng Diyos ay mga tagubilin at mga utos, na ibinigay sa mga nilalang na Kanyang nilayon na likhain. Ngunit ngayon ay mayroon nang makikinig sa mga salita ng Diyos, at kaya ang Kanyang mga salita ay parehong pakikipag-usap sa tao at pangaral at payo na rin sa tao. Higit pa rito, ang mga salita ng Diyos ay mga kautusan na nagtataglay ng Kanyang awtoridad at ipinarating sa lahat ng bagay.

Anong pagkilos ng Diyos ang nakatala sa talatang ito? Itinatala rito ang kasunduan na itinatag ng Diyos sa tao matapos ang paggunaw Niya sa mundo sa pamamagitan ng baha; sinasabi nito sa tao na hindi na muling magdudulot ang Diyos ng pagkagunaw sa mundo na tulad nito, at para sa layuning ito, lumikha ang Diyos ng tanda. Ano ang tandang ito? Sinabi sa Kasulatan na “Ang Aking bahaghari ay inilalagay Ko sa alapaap, at siyang magiging tanda ng tipan Ko at ng lupa.” Ito ang orihinal na mga salita na binigkas ng Lumikha sa sangkatauhan. Nang sinabi Niya ang mga salitang ito, lumitaw ang isang bahaghari sa harapan ng tao, kung saan ito ay nanatili na hanggang ngayon. Lahat ay nakakita na ng naturang bahaghari, at kapag nakikita mo ito, alam mo ba kung paano ito nagpapakita? Walang kakayahan ang siyensya na patunayan ito, o hanapin ang pinagmulan nito, o tukuyin kung nasaan ito. Iyan ay dahil ang bahaghari ay tanda ng kasunduang itinatag sa pagitan ng Lumikha at ng tao; hindi nito kailangan ang siyentipikong basehan, hindi ito ginawa ng tao, ni hindi ito kayang baguhin ng tao. Pagpapatuloy ito ng awtoridad ng Lumikha matapos Niyang bigkasin ang Kanyang mga salita. Ginamit ng Lumikha ang Kanyang sariling partikular na paraan para tumalima sa Kanyang kasunduan sa tao at sa Kanyang pangako, at kaya ang paggamit Niya sa bahaghari bilang isang tanda ng kasunduan na Kanyang naitatag na ay isang kautusan at batas ng kalangitan na magpakailanman ay mananatiling di-nagbabago, kung patungkol man sa Lumikha o sa nilikhang sangkatauhan. Dapat sabihin na ang di-nagbabagong batas na ito ay isa pang tunay na pagpapamalas ng awtoridad ng Lumikha kasunod ng paglikha Niya ng lahat ng bagay, at dapat sabihin na ang awtoridad at kapangyarihan ng Lumikha ay walang-hangganan; ang paggamit Niya ng bahaghari bilang tanda ay pagpapatuloy at karugtong ng awtoridad ng Lumikha. Isa na naman itong pagkilos na isinagawa ng Diyos gamit ang Kanyang mga salita, at tanda ng kasunduang itinatag na ng Diyos sa tao gamit ang mga salita. Sinabi Niya sa tao ang tungkol doon sa Kanyang pinagpasyahang gawin, at kung paano ito matutupad at makakamit. Sa paraang ito ang bagay ay natupad ayon sa mga salita mula sa bibig ng Diyos. Tanging Diyos lamang ang mayroong ganoong kapangyarihan, at ngayon, ilang libong taon matapos Niyang bigkasin ang mga salitang ito, makakatingin pa rin ang tao sa bahaghari na binigkas mula sa bibig ng Diyos. Dahil sa mga salitang yaon na binigkas ng Diyos, nanatiling walang pagbabago at di-nagbabago ang bagay na ito hanggang sa ngayon. Walang sinuman ang makatatanggal sa bahagharing ito, walang makapagbabago ng mga batas

nito, at umiiral lamang ito para sa mga salita ng Diyos. Ito mismo ang awtoridad ng Diyos. “Tinutupad ng Diyos ang Kanyang sinasabi, at matutupad ang Kanyang salita, at kung ano man ang Kanyang natutupad ay mananatili magpakailanman.” Malinaw na ipinapahayag ang mga salita ito rito, at malinaw itong tanda at katangian ng awtoridad at kapangyarihan ng Diyos. Ang gayong tanda o katangian ay hindi taglay o nakikita sa anumang mga nilikha, ni hindi ito nakikita sa anumang di-nilikha. Sa natatanging Diyos lamang ito, at tinutukoy nito ang kaibahan ng pagkakakilanlan at diwa na taglay lamang ng Lumikha mula roon sa taglay ng mga nilikha. Kasabay nito, ito rin ay tanda at katangian na hindi mahihigitan ng anumang nilikha o di-nilikha maliban sa Diyos Mismo.

Ang pagtatatag ng Diyos sa Kanyang kasunduan sa tao ay isang pagkilos na may malaking kahalagahan, isa na nilayon Niyang gamitin para ipahayag ang isang katunayan sa tao at sabihin sa tao ang Kanyang kalooban. Para sa layuning ito gumamit Siya ng isang natatanging paraan, gamit ang isang espesyal na tanda para magtatag ng kasunduan sa tao, isang tanda na isang pangako ng kasunduan na Kanyang itinatag sa tao. Kung gayon, malaking pangyayari ba ang pagtatatag ng kasunduang ito? Gaano ba ito kalaki? Ito mismo ang napakaespesyal sa kasunduan: Hindi ito isang kasunduang itinatag sa pagitan ng isang tao at ng isa pa, o ng isang grupo at ng isa pa, o ng isang bansa at ng isa pa, kundi isang kasunduang itinatag sa pagitan ng Lumikha at ng buong sangkatauhan, at mananatili itong may bisa hanggang sa araw na bubuwagin ng Lumikha ang lahat ng bagay. Ang Lumikha ang tagapagpatupad ng kasunduang ito, at ang Lumikha din ang tagapagpanatili nito. Sa madaling salita, ang kabuuan ng kasunduan ng bahaghari na itinatag sa sangkatauhan ay natupad at nakamit ayon sa pag-uusap sa pagitan ng Lumikha at sangkatauhan, at nanatili pa ring ganito hanggang ngayon. Ano pa ba ang maaaring gawin ng mga nilalang bukod sa magpasakop, sumunod, maniwala, magpahalaga, sumaksi, at magpuri sa awtoridad ng Lumikha? Sapagkat walang sinuman kundi ang bukod-tanging Diyos lamang ang may kapangyarihang magtatag ng naturang kasunduan. Muli’t muli, ang pagpapakita ng bahaghari ay nagbabalita sa sangkatauhan at tinatawag ang kanyang atensyon sa kasunduan sa pagitan ng Lumikha at ng sangkatauhan. Sa patuloy na mga paglitaw ng kasunduan sa pagitan ng Lumikha at ng sangkatauhan, ang ipinakikita sa sangkatauhan ay hindi isang bahaghari o ang mismong kasunduan, kundi ang di-nagbabagong awtoridad ng Lumikha. Ang paulit-ulit na paglitaw ng bahaghari ay nagpapakita ng matitindi at mahihimalang mga gawain ng Lumikha sa mga nakatagong lugar, at, kasabay nito, ay isang mahalagang repleksyon sa awtoridad ng Lumikha na hindi kailanman kukupas, at hindi kailanman magbabago. Hindi ba ito isang pagpapakita ng isa pang aspeto ng natatanging awtoridad ng Lumikha?

3. Ang mga Pagpapala ng Diyos

Genesis 17:4–6 Tungkol sa Akin, narito, ang Aking tipan ay sumasaiyo, at ikaw ang magiging ama ng maraming bansa. At hindi na tatawagin ang pangalan mong Abram, kundi Abraham ang magiging iyong pangalan; sapagkat ikaw ay ginawa Kong ama ng maraming bansa. At ikaw ay

Aking gagawing totoong palaanakin, at papanggagalingin Ko sa iyo ang mga bansa, at magbubuhay sa iyo ang mga hari.

Genesis 18:18–19 Si Abraham ay tunay na magiging isang bansang malaki at matibay, at pagpapalain sa kanya ang lahat ng bansa sa lupa. Sapagkat siya'y Aking kinilala, upang siya'y mag-utos sa kanyang mga anak at sa kanyang sambahayan pagkamatay niya, at dapat nilang maingat ang daan ni Jehova, na gumawa ng makatarungan at kahatulan; upang padatnin ni Jehova kay Abraham ang Kanyang ipinangako tungkol sa kanya.

Genesis 22:16–18 Sa Aking sarili ay sumumpa Ako, sabi ni Jehova, sapagkat ginawa mo ito, at hindi mo itinatagilap sa Akin ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak: Na sa pagpapala ay pagpapalain kita, at sa pagpaparami ay pararamihin Ko ang iyong binhi, na gaya ng mga bituin sa langit, at gaya ng mga buhangin sa baybayin ng dagat; at kakamtin ng iyong binhi ang pintuang-bayan ng kanyang mga kaaway; At pagpapalain sa iyong binhi ang lahat ng bansa sa lupa; sapagkat sinunod mo ang Aking tinig.

Job 42:12 Sa gayo'y pinagpala ni Jehova, ang huling wakas ni Job na higit kaysa sa kanyang pasimula: at siya'y nagkaroon ng labing apat na libong tupa, at anim na libong kamelyo, at isang libong tuwang na baka, at isang libong asnong babae.

Ang Natatanging Paraan at mga Katangian ng mga Pagbigkas ng Lumikha ay Simbolo ng Natatanging Pagkakakilanlan at Awtoridad ng Lumikha

Marami ang nag-aasam na hanapin, at matamo, ang mga pagpapala ng Diyos, ngunit hindi lahat ay makakatamo ng mga pagpapalang ito, dahil may sariling mga prinsipyo ang Diyos, at pinagpapala ang tao sa Kanyang sariling paraan. Ang mga pangakong ginagawa ng Diyos sa tao, at ang dami ng biyaya na Kanyang ipinagkaloob sa tao, ay inilalaan batay sa mga kaisipan at pagkilos ng tao. Kaya, ano ang ipinakikita ng mga pagpapala ng Diyos? Ano ang nakikita ng mga tao sa mga ito? Sa puntong ito, isantabi natin ang pagtalakay tungkol sa kung anong uri ng mga tao ang pinagpapala ng Diyos, o sa mga prinsipyo ng pagpapala ng Diyos sa tao. Sa halip, tingnan natin ang pagpapala ng Diyos sa tao na may layunin na malaman ang awtoridad ng Diyos, mula sa pananaw ng pagkilala sa awtoridad ng Diyos.

Ang apat na talata ng kasulatan sa itaas ay mga nagtatalang lahat tungkol sa pagpapala ng Diyos sa tao. Nagbibigay ang mga ito ng detalyadong paglalarawan ng mga tumatanggap ng mga pagpapala ng Diyos, tulad nina Abraham at Job, gayundin ng mga dahilan kung bakit ipinagkaloob ng Diyos ang Kanyang mga pagpapala, at kung ano ang mga nakapaloob sa mga pagpapalang ito. Ang tono at paraan ng mga pagbigkas ng Diyos, at ang pananaw at posisyon kung saan Niya nagsalita, ay nagpapahintulot sa mga tao na pahalagahan na Siyang nagkakaloob ng mga pagpapala at ang tumatanggap ng gayong mga pagpapala ay malinaw na magkaiba ang pagkakakilanlan, katayuan at diwa. Ang tono at paraan ng mga pagbigkas na ito, at ang posisyon kung saan binigkas ang mga iyon, ay bukod-tangi sa Diyos, na nagtataglay ng pagkakakilanlan ng Lumikha.

Mayroon Siyang awtoridad at lakas, pati na rin ang karangalan ng Lumikha, at pagiging maharlika na hindi nagpapahintulot ng pagdududa mula sa sinumang tao.

Una, tingnan natin ang Genesis 17:4–6: “Tungkol sa Akin, narito, ang Aking tipan ay sumasaiyo, at ikaw ang magiging ama ng maraming bansa. At hindi na tatawagin ang pangalan mong Abram, kundi Abraham ang magiging iyong pangalan; sapagkat ikaw ay ginawa Kong ama ng maraming bansa. At ikaw ay Aking gagawing totoong palaanakin, at papanggagalingin Ko sa iyo ang mga bansa, at magbubuhay sa iyo ang mga hari.” Ang mga salitang ito ay ang kasunduang itinatag ng Diyos kay Abraham, gayundin ay ang pagpapala ng Diyos kay Abraham: gagawin ng Diyos si Abraham na ama ng mga bansa, gagawin siyang labis na masagana, at uusbong ang mga bansa mula sa kanya, at magmumula ang mga hari sa kanya. Nakikita mo ba ang awtoridad ng Diyos sa mga salitang ito? At paano mo nakikita ang gayong awtoridad? Aling aspeto ng diwa ng awtoridad ng Diyos ang iyong nakikita? Mula sa masusing pagbabasa sa mga salitang ito, hindi naman mahirap matuklasan na ang awtoridad at pagkakakilanlan ng Diyos ay malinaw na nabubunyag sa mga salitang ginamit sa mga pagbigkas ng Diyos. Halimbawa, kapag sinasabi ng Diyos “ang Aking tipan ay sumasaiyo, at ikaw ang magiging ... ikaw ay ginawa Kong ... ikaw ay Aking gagawing...,” ang mga parirala na tulad ng “ikaw ang magiging” at “Aking gagawing,” kung saan ang mga salitang ginamit ay nagtataglay ng pagpapatunay ng pagkakakilanlan at awtoridad ng Diyos, na sa isang aspeto, ay pagpapahiwatig ng katapatan ng Lumikha; sa isa pang aspeto, ang mga iyon ay mga espesyal na mga salita na ginamit ng Diyos, na nagtataglay ng pagkakakilanlan ng Lumikha—gayundin bilang bahagi ng nakasanayang talasalitaan. Kung may sinumang nagsasabi na umaasa sila na ang isa pang tao ay magiging labis na masagana, na magmumula ang mga bansa sa kanya, at magmumula ang mga hari sa kanya, samakatuwid iyon ay walang-dudang isang uri ng pagnanais, at hindi isang pangako o isang pagpapala. Kaya, hindi nangangahas ang mga tao na sabihing “gagawin kitang ganito ganyan, ikaw ay magiging ganito at ganyan,” dahil alam nila na hindi sila nagtataglay ng ganyang kapangyarihan; hindi ito nakasalalay sa kanila, at kahit pa sabihin nila ang ganyang mga bagay, walang-kabuluhan ang kanilang mga salita, at walang-saysay, bunsod lamang ng kanilang pagnanasa at ambisyon. May nangangahas bang magsalita sa ganyan kadakilang tono kung sa tingin nila ay hindi nila kayang tuparin ang kanilang mga inaasam? Ang lahat ay nag-aasam ng mabuti para sa kanilang mga inapo, at umaasa na sila ay mangunguna at magtatamasa ng malaking tagumpay. “Anong laking kapalaran ito kung ang isa sa kanila ay magiging emperador! Kung magiging gobernador ang isa, maganda rin iyon—basta maging mahalagang tao lamang sila!” Ang mga ito ang inaasam ng lahat ng tao, ngunit maaari lamang silang magnais ng mga biyaya sa kanilang mga inapo, at hindi nila kayang tuparin o gawing totoo ang anuman sa kanilang mga pangako. Sa kanilang mga puso, malinaw na alam ng lahat na wala silang taglay na kapangyarihan upang makamit ang naturang mga bagay, dahil hindi nila kontrolado ang lahat sa kanila, at kaya paano nila makokontrol ang kapalaran

ng iba? Ang dahilan kung bakit masasabi ng Diyos ang mga salitang gaya ng mga ito ay dahil taglay ng Diyos ang naturang awtoridad, at may kakayahan na tuparin at isagawa ang lahat ng ipinangako Niya sa tao, at kaya Niyang gawin na magkatotoo ang mga pagpapalang ipinagkakaloob Niya sa tao. Nilikha ng Diyos ang tao, at napakadali para sa Diyos na gawing labis na masagana ang isang tao; kailangan lamang ng isang salita mula sa Kanya para gawing masagana ang mga inapo ng isang tao. Hindi Niya kailanman kailangang magpawis para sa naturang bagay, o pagurin ang Kanyang isipan, o isuong ang sarili Niya sa kagipitan para sa gayong bagay; ito ang mismong kapangyarihan ng Diyos, ang mismong awtoridad ng Diyos.

Matapos basahin ang “Si Abraham ay tunay na magiging isang bansang malaki at matibay, at pagpapalain sa kanya ang lahat ng bansa sa lupa” sa Genesis 18:18, nararamdaman ba ninyo ang awtoridad ng Diyos? Nadarama ba ninyo ang pagiging pambihira ng Lumikha? Nararamdaman ba ninyo ang pangingibabaw ng Lumikha? Ang mga salita ng Diyos ay tiyak. Sinasabi ng Diyos ang mga naturang salita hindi dahil sa Kanyang tiwala sa tagumpay o para katawanin iyon; sa halip, ang mga iyon ay katibayan ng awtoridad ng mga pagbigkas ng Diyos, at utos na tumutupad sa mga salita ng Diyos. May dalawang pagpapahayag na kailangan ninyong pagtuunan ng pansin dito. Kapag sinasabi ng Diyos na “Si Abraham ay tunay na magiging isang bansang malaki at matibay, at pagpapalain sa kanya ang lahat ng bansa sa lupa,” may anumang elemento ba ng kalabuan sa mga salitang ito? Mayroon bang anumang elemento ng pag-aalala? Mayroon bang anumang elemento ng takot? Dahil sa mga salitang “tunay na” at “magiging” sa mga pagbigkas ng Diyos, ang mga elementong ito, na partikular sa tao at laging nakikita sa kanya, ay hindi kailanman nagkaroon ng kaugnayan sa Lumikha. Walang sinuman na mangangahas na gamitin ang ganitong mga salita kapag nagnanais ng mabuti sa iba, walang sinumang mangangahas na basbasan ang iba pa ng isang dakila at makapangyarihang bansa nang may gayong katiyakan, o mangako na ang lahat ng bansa sa mundo ay pagpapalain sa pamamagitan niya. Kapag mas tiyak ang mga salita ng Diyos, mas may pinatutunayang bagay ang mga iyon—at ano ang bagay na iyon? Pinatutunayan ng mga iyon na ang Diyos ay may gayong awtoridad, na kaya ng Kanyang awtoridad na tuparin ang mga bagay na ito, at hindi maiiwasan ang katuparan ng mga ito. Ang Diyos ay tiyak sa Kanyang puso, nang walang katiting na pag-aalinlangan, sa lahat ng Kanyang pagpapala kay Abraham. Dagdag pa rito, matutupad ang kabuuan nito alinsunod sa Kanyang mga salita, at walang kahit anong puwersa ang maaaring makapagpabago, humadlang, sumira, o gumambala sa katuparan nito. Kahit ano pa man ang nangyari, walang makakapagpawalang-bisa o makakaimpluwensiya sa katuparan at kaganapan ng mga salita ng Diyos. Ito ang mismong kapangyarihan ng mga salitang binigkas mula sa bibig ng Lumikha, at ang awtoridad ng Lumikha na hindi nagpapahintulot sa pagtatanggi ng tao! Matapos basahin ang mga salitang ito, nakakaramdam ka pa rin ba ng padududa? Binigkas ang mga salitang ito mula sa bibig ng Diyos, at may kapangyarihan, pagiging maharlika, at awtoridad sa mga salita ng

Diyos. Ang gayong kapangyarihan at awtoridad, at ang di-maiiwasang katuparan ng katotohanan, ay hindi naaabot ng anumang nilikha o di-nilikha, at hindi nalalampasan ng anumang nilikha o di-nilikha. Tanging ang Lumikha lamang ang kayang makipag-usap sa sangkatauhan nang may gayong tono at intonasyon, at napatunayan na ng mga totoong impormasyon na ang Kanyang mga pangako ay hindi mga salitang walang laman, o mga walang kwentang kayabangan, kundi isang pagpapahayag ng natatanging awtoridad na di-nalalampasan ng sinumang tao, anumang pangyayari, o bagay.

Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng mga salita na binibigkas ng Diyos at ng mga salita na binibigkas ng tao? Kapag binabasa mo ang mga salitang ito na binigkas ng Diyos, dama mo ang kapangyarihan ng mga salita ng Diyos at ang awtoridad ng Diyos. Ano ang nararamdaman mo kapag naririnig mong sinasabi ng mga tao ang mga gayong salita? Sa tingin mo ba ay lubha silang mapagmataas at mayabang, at ipinagmamalaki ang kanilang mga sarili? Sapagkat wala sila ng kapangyarihang ito, hindi nila taglay ang gayong awtoridad, at kaya lubos na wala silang kakayahan na makamit ang gayong mga bagay. Ang pagiging labis nilang sigurado sa kanilang mga pangako ay nagpapakita lamang ng pagiging di-maingat sa kanilang mga pahayag. Kung may isang nagsasabi ng gayong mga salita, kung gayon ay walang-duda na magmamalaki sila at magkakaroon ng sobrang kumpiyansa sa sarili, at ibubunyag ang kanilang mga sarili bilang isang klasikong halimbawa ng disposisyon ng arkanghel. Ang mga salitang ito ay nagmula sa bibig ng Diyos; nakakadama ka ba rito ng anumang elemento ng pagmamataas? Nararamdaman mo ba na biro lamang ang mga salita ng Diyos? Ang mga salita ng Diyos ay awtoridad, ang mga salita ng Diyos ay totoo, at bago pa binibigkas ng Kanyang bibig ang mga salita, ibig sabihin, kapag nagpapasya Siya na gawin ang isang bagay, ang bagay na iyon ay natupad na. Masasabing ang lahat ng sinabi ng Diyos kay Abraham ay isang kasunduang itinatag ng Diyos kay Abraham, at isang pangako na ginawa ng Diyos kay Abraham. Ang pangakong ito ay isang naitatag na katunayan, at gayundin ay isang natupad na katunayan, at ang mga katunayang ito ay unti-unting natupad sa mga iniisip ng Diyos ayon sa plano ng Diyos. Kaya, ang pagsasabi ng Diyos ng mga salitang iyon ay hindi nangangahulugang mayroon Siyang mapagmataas na disposisyon, dahil kayang makamit ng Diyos ang gayong mga bagay. Mayroon Siyang gayong kapangyarihan at awtoridad, at lubos na may kakayahan na maisakatuparan ang mga gawaing ito, at ang kaganapan ng mga iyon ay lubos na nasasakop ng Kanyang kakayahan. Kapag ang mga salitang gaya nito ay binibigkas mula sa bibig ng Diyos, ang mga iyon ay pagbubunyag at pagpapahayag ng totoong disposisyon ng Diyos, isang perpektong pagbubunyag at pagpapamalas ng diwa at awtoridad ng Diyos, at wala nang iba na mas angkop at akma bilang patunay ng pagkakakilanlan ng Lumikha. Ang paraan, tono, at mga salitang ginamit ng gayong mga pagbigkas ay tiyak na mga marka ng pagkakakilanlan ng Lumikha, at perpektong tumutugma sa pagpapahayag ng sariling pagkakakilanlan ng Diyos; at sa mga iyon ay walang pagkukunwari, o karumihan; ang mga iyon ay ang ganap at lubos na perpektong

pagpapakita ng diwa at awtoridad ng Lumikha. Hinggil sa mga nilalang, hindi nila taglay ang awtoridad na ito, ni ang diwang ito, lalo nang wala sila ng kapangyarihang ibinibigay ng Diyos. Kung ipinapamalas ng tao ang naturang asal, kung gayon ito ay tiyak na magiging isang masidhing pagtutol ng kanyang tiwaling disposisyon, at nag-uugat ito sa epekto ng paghalo ng pagiging mapagmataas at malupit na ambisyon ng tao, at ng pagkalantad ng masasamang hangarin ng walang-iba kundi ang diyablong si Satanas na gustong manlinlang ng mga tao at akitin sila para itakwil ang Diyos. Ano ang palagay ng Diyos sa ibinubunyag ng gayong pananalita? Sasabihin ng Diyos na nais mong agawin ang Kanyang lugar at nais mo Siyang gayahin at palitan. Kapag ginagaya mo ang tono ng mga pagbigkas ng Diyos, ang intensyon mo ay palitan ang lugar ng Diyos sa puso ng mga tao, para kunin ang sangkatauhang talagang pagmamay-ari ng Diyos. Ito si Satanas, puro at payak; ito ang mga pagkilos ng mga inapo ng arkanghel, hindi matiis ng Kalangitan! Sa inyo, may sinuman bang gumaya na sa Diyos sa isang partikular na paraan sa pamamagitan ng pagbigkas ng ilang salita, nang may intensyon na ilayo o linlangin ang mga tao, at nagpaparamdam sa kanila na parang taglay ng mga salita at pagkilos ng taong ito ang awtoridad at kapangyarihan ng Diyos, na para bang ang diwa at pagkakakilanlan ng taong ito ay natatangi, at maging ang tono ng mga salita ng taong ito ay pareho sa Diyos? Nakagawa na ba kayo kailanman ng ganito? Sinubukan na ba ninyong gayahin ang tono ng Diyos sa inyong pananalita, nang may kilos na animo ay kumakatawan sa disposisyon ng Diyos, nang may iniisip mong kapangyarihan at awtoridad? Karamihan ba sa inyo ay madalas na kumikilos, o nagpaplanong kumilos, sa gayong paraan? Ngayon, kapag tunay ninyong nakikita, nararamdaman, at nakikilala ang awtoridad ng Lumikha, at magbalik-tanaw kayo sa ginawa ninyo noon, at sa ibunyag ninyo noon tungkol sa inyong mga sarili, sumasama ba ang inyong pakiramdam? Kinikilala ba ninyo ang inyong pagiging mababa at kahiya-hiya? Yamang nasuri na ang disposisyon at diwa ng gayong mga tao, masasabi bang sila ay isinumpang anak ng impiyerno? Masasabi ba na ang lahat ng gumagawa ng gayong mga bagay ay nagdadala ng kahihiyan sa kanilang mga sarili? Nakikita ba ninyo ang kaseryosohan ng kalikasan nito? Gaano ba kaseryoso ito? Ang intensyon ng mga tao na kumikilos sa ganitong paraan ay upang gayahin ang Diyos. Gusto nilang maging Diyos, at pasambahin ang mga tao sa kanila bilang Diyos. Gusto nilang buwagin ang lugar ng Diyos sa puso ng mga tao, at alisin ang Diyos na gumagawa sa gitna ng tao, at ginagawa nila ito upang makamit ang layuning kontrolin ang mga tao, lamunin ang mga tao, at angkinin sila. Ang lahat ay may ganitong di-namamalayang mga pagnanasa at mga ambisyon, at ang lahat ay namumuhay sa ganitong uri ng tiwali at satanikong diwa at may satanikong kalikasan kaya sila ay salungat sa Diyos, ipinagkakanulo ang Diyos, at nagnanais na maging Diyos. Kasunod ng Aking pagbabahagi sa paksa ng awtoridad ng Diyos, ninanais o hinahangad pa rin ba ninyong magpanggap na Diyos o gayahin Siya? Ninanasa pa rin ba ninyong maging Diyos? Ninanais pa rin ba ninyong maging Diyos? Ang awtoridad ng Diyos ay hindi magagaya ng tao, at ang pagkakakilanlan at

katayuan ng Diyos ay hindi magagaya ng tao. Kahit na kaya mong gayahin ang tono ng Diyos sa pagsasalita, hindi mo magagaya ang diwa ng Diyos. Kahit na kaya mong tumayo sa lugar ng Diyos at gayahin ang Diyos, hindi mo kailanman kayang gawin kung ano ang nilalayon na gawin ng Diyos, at hindi mo kailanman makakayang maghari at mag-utos sa lahat ng bagay. Sa mga mata ng Diyos, ikaw ay magiging munting nilalang magpakailanman, at kahit pa gaano kagaling ang iyong mga kasanayan at abilidad, kahit pa gaano karaming kaloob ang mayroon ka, ang kabuuan mo ay nasa ilalim ng pamamahala ng Lumikha. Bagaman kaya mong magsalita ng ilang mapangahas na salita, hindi ito nagpapakita na mayroon ka ng diwa ng Lumikha, ni hindi ito kumatawan na ikaw ay nagtataglay ng awtoridad ng Lumikha. Ang awtoridad at kapangyarihan ng Diyos ay ang diwa ng Diyos Mismo. Hindi natutuhan ang mga ito, o idinagdag sa labas, kundi ang mga ito ay likas na diwa ng Diyos Mismo. At kaya ang relasyon sa pagitan ng Lumikha at ng mga nilalang ay hindi kailanman mababago. Bilang isa sa mga nilalang, kailangang panatilihin ng tao ang kanyang sariling posisyon, at kumilos nang maingat. Matapat na bantayan kung ano ang ipinagkatiwala sa iyo ng Lumikha. Huwag kumilos nang wala sa lugar, o gawin ang mga bagay-bagay na labas sa saklaw ng iyong kakayahan o na kasuklam-suklam sa Diyos. Huwag subukang maging dakila, o maging superman, o mataas sa lahat, o maghangad na maging Diyos. Ito ang hindi dapat nasain ng tao. Katawa-tawa ang paghahangad na maging dakila o superman. Ang paghahangad na maging Diyos ay lalo pang mas kahiya-hiya; ito ay karima-rimarim, at kasuklam-suklam. Ang kapuri-puri, at ang dapat na panghawakan ng mga nilalang nang higit pa sa anumang mga bagay, ay ang maging tunay na nilalang; ito lamang ang tanging mithiin na dapat hangarin ng lahat ng tao.

Ang Awtoridad ng Lumikha ay Hindi Napipigilan ng Panahon, Espasyo, o Heograpiya, at ang Awtoridad ng Lumikha ay Hindi Nasusukat

Tingnan natin ang Genesis 22:17–18. Ito ay isa pang talata na binigkas ng Diyos na si Jehova, kung saan ay sinabi Niya kay Abraham, “Na sa pagpapala ay pagpapalain kita, at sa pagpaparami ay pararamihin Ko ang iyong binhi, na gaya ng mga bituin sa langit, at gaya ng mga buhangin sa baybayin ng dagat; at kakamtin ng iyong binhi ang pintuang-bayan ng kanyang mga kaaway; At pagpapalain sa iyong binhi ang lahat ng bansa sa lupa; sapagkat sinunod mo ang Aking tinig.” Maraming beses na pinagpala ng Diyos na si Jehova si Abraham na dadami ang kanyang mga anak—ngunit hanggang saan ang pagdami nito? Hanggang sa lawak na sinabi sa Kasulatan: “gaya ng mga bituin sa langit, at gaya ng mga buhangin sa baybayin ng dagat.” Ang ibig sabihin nito ay nais ng Diyos na pagkalooban si Abraham ng mga supling na kasingdami ng mga bituin sa langit, at kasingdami ng buhangin sa dalampasigan. Nagsalita ang Diyos gamit ang matalinghagang paglalarawan, at mula sa paglalarawang ito, hindi mahirap makita na hindi lamang ipagkakaloob ng Diyos ang isa, dalawa, o kahit libu-libong mga inapo kay Abraham, kundi hindi mabilang na mga inapo, sapat para maging maraming bansa, dahil

ipinangako ng Diyos kay Abraham na magiging ama siya ng maraming bansa. Ngayon, ang tao ba ang nagpasya ng numerong iyon, o ang Diyos ba ang nagpasya nito? Kaya bang kontrolin ng tao kung ilan ang kanyang magiging apo? Nakasalalay ba ito sa kanya? Wala nga sa kamay ng tao kung magkakaroon siya ng ilan o hindi, lalo na ang kasingdami ng “mga bituin sa langit, at gaya ng mga buhangin sa baybayin ng dagat.” Sino ba ang hindi nagnanais na ang kanilang mga inapo ay maging kasingdami ng mga bituin? Sa kasamaang palad, hindi nangyayari ang mga bagay-bagay sa paraang gusto mo. Kahit gaano pa kadalubhasa o kagaling ang tao, hindi ito nakasalalay sa kanya; walang makakatayo sa labas ng itinalaga ng Diyos. Kung hanggang saan ka Niya hinahayaan, hanggang doon ka lamang magkakaroon: Kung kakaunti ang ibinibigay sa iyo ng Diyos, kung gayon ay hindi ka kailanman magkakaroon ng marami, at kung marami ang ibinibigay sa iyo ng Diyos, walang-saysay na maghinanakit ka sa dami ng mayroon ka. Hindi ba ganito ang sitwasyon? Nakasalalay ang lahat ng ito sa Diyos, hindi sa tao! Pinamumunuan ng Diyos ang tao, at walang sinuman ang hindi!

Nang sinabi ng Diyos “pararamihin Ko ang iyong binhi,” ito ay kasunduang itinatag ng Diyos kay Abraham, at tulad ng kasunduan ng bahaghari, matutupad ito magpasawalang-hanggan, at ito ay isa ring pangako na ginawa ng Diyos kay Abraham. Tanging Diyos lamang ang kwalipikado at may kakayahang isakatuparan ang pangakong ito. Naniniwala man ang tao o hindi, tinatanggap man ito ng tao o hindi, at kung paano man ito tinitingnan o itinuturing ng tao, matutupad ang lahat ng ito nang eksakto, ayon sa mga salitang binigkas ng Diyos. Hindi mababago ang mga salita ng Diyos dahil sa mga pagbabago ng kalooban o mga kuru-kuro ng tao, at hindi ito mababago dahil sa mga pagbabago sa sinumang tao o anumang bagay o pangyayari. Maaaring mawala ang lahat ng bagay, ngunit mananatili ang mga salita ng Diyos magpakailanman. Sa totoo lang, ang araw na mawawala ang lahat ng bagay ay ang mismong araw kung kailan ang mga salita ng Diyos ay lubos na matutupad, dahil Siya ang Lumikha, taglay Niya ang awtoridad ng Lumikha, ang kapangyarihan ng Lumikha, at kontrolado Niya ang lahat ng bagay at lahat ng puwersa ng buhay; kaya Niyang magpalabas ng isang bagay mula sa wala, o magpalaho ng isang bagay, at kontrolado Niya ang pagbabagong-anyo ng lahat ng bagay mula sa pagkabuhay hanggang sa kamatayan; dahil para sa Diyos, wala nang mas sisimple pa kaysa sa pagpaparami ng anak ng isang tao. Mukha itong hindi kapani-paniwala sa tao, parang isang kwentong pambata, ngunit para sa Diyos, ang Kanyang pinagpasyahang at ipinangakong gawin ay hindi isang bagay na hindi kapani-paniwala, ni hindi ito isang kwentong pambata. Sa halip, ito ay isang katotohanang nakita na ng Diyos at tiyak na matutupad. Pinahahalagahan ba ninyo ito? Pinapatunayan ba ng mga tunay na impormasyon na napakarami ang mga inapo ni Abraham? At gaano nga ba karami? Sindami ba ng “mga bituin sa langit, at gaya ng mga buhangin sa baybayin ng dagat” na sinabi ng Diyos? Kumalat ba sila sa lahat ng bansa at rehiyon, sa bawat lugar sa mundo? Sa anong paraang natupad ang katotohanang ito? Natupad ba ito sa pamamagitan ng awtoridad ng mga salita ng Diyos? Sa ilang daan o libong

taon matapos mabigkas ang mga salita ng Diyos, patuloy na natutupad ang mga salita ng Diyos, at patuloy na nagiging mga napatunayang bagay; ito ang kapangyarihan ng mga salita ng Diyos, at katibayan ng awtoridad ng Diyos. Nang nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay sa simula, sinabi ng Diyos na “magkaroon ng liwanag,” at nagkaroon ng liwanag. Ito ay mabilis na nangyari, natupad sa napakaikling panahon, at walang pagkaantala sa pagsasagawa at katuparan nito; agaran ang mga bisa ng mga salita ng Diyos. Kapwa pagpapakita ng awtoridad ng Diyos ang mga ito, ngunit nang pinagpala ng Diyos si Abraham, pinahintulutan Niyang makita ng tao ang isa pang aspeto ng diwa ng awtoridad ng Diyos, at gayundin ang awtoridad ng Lumikha na hindi masusukat, at higit pa rito, pinahintulutan Niya ang tao na makita ang mas totoo at mas engrandeng aspeto ng awtoridad ng Lumikha.

Kapag ang mga salita ng Diyos ay binigkas, ang awtoridad ng Diyos ang siyang nagpapatakbo sa gawaing ito, at ang katotohanang ipinangako ng bibig ng Diyos ay unti-unting nagsisimula na maging realidad. Bunga nito, nagsisimulang lumitaw ang pagbabago sa lahat ng bagay, tulad ng kung paano nagiging berde ang damo, namumukadkad ang mga bulaklak, umuusbong ang mga suloy sa mga puno, nagsisimulang mag-awitan ang mga ibon, bumabalik ang mga gansa, at napupuno ng mga tao ang mga parang sa pagdating ng tagsibol.... Sa pagdating ng tagsibol ang lahat ng bagay ay napapanariwa, at ito ang mahimalang gawa ng Lumikha. Kapag tinutupad ng Diyos ang Kanyang mga pangako, nanunumbalik at nagbabago ang lahat ng bagay sa langit at sa lupa ayon sa mga iniisip ng Diyos—walang hindi kasali. Kapag binibigkas ang isang panata o pangako mula sa bibig ng Diyos, ang lahat ng bagay ay kumikilos para sa katuparan nito, at minamaniobra alang-alang sa katuparan nito; ang lahat ng nilalang ay pinangangasiwaan at isinasaayos sa ilalim ng kapamahalaan ng Lumikha, gumaganap ng kani-kanilang mga papel, at ginagawa ang kani-kanilang mga tungkulin. Ito ang pagpapamalas ng awtoridad ng Lumikha. Ano ang nakikita mo rito? Paano mo nalalaman ang awtoridad ng Diyos? May hangganan ba ang awtoridad ng Diyos? May limitasyon ba ang oras nito? Masasabi ba kung ano ang taas o haba nito? Masasabi ba kung ano ang sukat o lakas nito? Masusukat ba ito batay sa mga sukat ng tao? Hindi patay-sindi ang awtoridad ng Diyos, hindi ito pabalik-balik, at walang sinuman ang makakasukat kung gaano kadakila ang Kanyang awtoridad. Kahit gaano pa katagal ang panahon na lumilipas, kapag pinagpapala ng Diyos ang isang tao, magpapatuloy ang pagpapalang ito, at ang pagpapatuloy nito ay nagpapatotoo sa di-masusukat na awtoridad ng Diyos, at magpapahintulot sa sangkatauhan na paulit-ulit na mamasdan ang muling pagpapakita ng hindi-namamatay na puwersa ng buhay ng Lumikha. Ang bawat pagpapakita ng Kanyang awtoridad ay ang perpektong paglalahad ng mga salita mula sa Kanyang bibig na ipinapakita sa lahat ng bagay, at sa sangkatauhan. Bukod pa rito, ang lahat ng bagay na tinupad ng Kanyang awtoridad ay walang-kapantay ang kagandahan, at lubusang walang-kapintasan. Masasabing ang Kanyang mga iniisip, ang Kanyang mga salita, ang Kanyang awtoridad, at ang lahat ng gawaing Kanyang tinutupad ay larawang

walang-katulad ang kagandahan, at para sa mga nilalang, ang wika ng sangkatauhan ay walang kakayahang sabihin nang malinaw ang kabuluhan at halaga nito. Kapag nangangako ang Diyos sa isang tao, ang lahat ng ito ay kasing pamilyar sa Diyos gaya ng likod ng Kanyang kamay, kung ito man ay kung saan sila nakatira, o kung ano ang kanilang ginagawa, ang kanilang nakaraan o matapos nilang matanggap ang pangako, o kung gaano man katindi ang mga kaguluhan sa paligid ng kanilang tinitirahan. Kahit pa gaano katagal na panahon ang lumipas matapos na mabigkas ang mga salita ng Diyos, para sa Kanya, parang kabibigkas lamang ng mga ito. Ang ibig sabihin nito ay may kapangyarihan ang Diyos, at may gayong awtoridad, na kaya Niyang subaybayan, kontrolin, at tuparin ang bawat pangako na Kanyang ginagawa sa sangkatauhan, at kahit ano pa man ang pangakong iyon, kahit pa gaano katagal bago ganap na matupad ang mga ito, at, higit pa rito, kahit gaano man kalawak ang nasasaklaw ng katuparan niyon—halimbawa, oras, heograpiya, lahi, at iba pa—matutupad at maisasakatuparan ang pangakong ito, at, higit pa rito, hindi mangangailangan na kumilos ni katiting ang Diyos para sa katuparan at kaganapan nito. At ano ang pinatutunayan nito? Pinatutunayan nito na ang lawak ng awtoridad at kapangyarihan ng Diyos ay sapat upang kontrolin ang buong sansinukob, at ang buong sangkatauhan. Ginawa ng Diyos ang liwanag, ngunit hindi ibig sabihin na liwanag lamang ang pinamamahalaan ng Diyos, o na tubig lamang ang Kanyang pinamamahalaan dahil nilikha Niya ang tubig, at walang kaugnayan sa Diyos ang lahat ng iba pa. Hindi ba ito maling pagkaunawa? Kahit na unti-unting nawala na sa alaala ng tao ang pagpapala ng Diyos kay Abraham matapos ang ilang daang taon, para sa Diyos, nanatiling pareho pa rin ang pangakong ito. Tinutupad pa rin ito, at hindi kailanman huminto. Hindi kailanman nalaman o narinig ng tao kung paano ginamit ng Diyos ang Kanyang awtoridad, kung paano pinangasiwaan at isinaayos ang lahat ng bagay, at kung gaano karaming magagandang kwento ang nangyari sa lahat ng bagay ng sangnilikha ng Diyos sa mga panahong ito, ngunit ang bawat nakakamanghang piraso ng pagpapakita ng awtoridad ng Diyos at pagpapahayag ng Kanyang mga gawa ay ipinasa at dinakila sa gitna ng lahat ng bagay, ipinakita at sinabi ng lahat ng bagay ang mahimalang mga gawa ng Lumikha, at ang bawat labis na sinasabing kwento ng kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha sa lahat ng bagay ay ipapahayag ng lahat ng bagay magpakailanman. Ang awtoridad na ginagamit ng Diyos para pagharian ang lahat ng bagay, at ang kapangyarihan ng Diyos, ay nagpapakita sa lahat ng bagay na ang Diyos ay nasa lahat ng lugar at nasa sa lahat ng sandali. Kapag nasaksihan mo na nasa lahat ng lugar ang presensya ng awtoridad at kapangyarihan ng Diyos, makikita mo na nasa lahat ng lugar ang Diyos at sa lahat ng sandali. Ang awtoridad at kapangyarihan ng Diyos ay hindi limitado ng panahon, heograpiya, espasyo, o sinumang tao, pangyayari o bagay. Ang lawak ng awtoridad at kapangyarihan ng Diyos ay lampas sa imahinasyon ng tao; hindi ito maarok ng tao, hindi kayang ilarawan sa isip ng tao, at hindi kailanman lubusang malalaman ng tao.

May ilang tao na gustong magpalagay at maglarawan sa isipan, ngunit hanggang

saan ang kayang maabot ng imahinasyon ng tao? Kaya ba nitong lampasan ang mundo? Kaya ba ng tao na mahinuha at mailarawan sa isip ang pagiging tunay at wasto ng awtoridad ng Diyos? Kaya ba ng paghinuha at imahinasyon ng tao na hayaan siyang magkamit ng kaalaman tungkol sa awtoridad ng Diyos? Magagawa ba ng mga iyon na tunay na pahalagahan at magpasakop ang tao sa awtoridad ng Diyos? Pinatutunayan ng mga totoong impormasyon na ang paghinuha at imahinasyon ng tao ay produkto lamang ng talino ng tao, at hindi nagbibigay ng kahit kaunting tulong o pakinabang sa kaalaman ng tao tungkol sa awtoridad ng Diyos. Matapos magbasa ng mga kathambuhay sa agham, kayang mailarawan sa isip ng ilan ang buwan, at kung ano ang itsura ng mga bituin. Ngunit hindi ito nangangahulugang ang tao ay may anumang pagkaunawa tungkol sa awtoridad ng Diyos. Ang imahinasyon ng tao ay ganito lamang: kathang-isip. Tungkol sa mga katotohanan sa mga bagay na ito, ibig sabihin, tungkol sa kanilang pagkakaugnay sa awtoridad ng Diyos, lubos na wala siyang pagkaunawa. Ano naman ngayon kung nakapunta ka na sa buwan? Ipinapakita ba nito na mayroon ka nang iba't ibang dimensyon ng pagkaunawa sa awtoridad ng Diyos? Ipinakikita ba nito na kaya mo nang mailarawan sa iyong isip ang lawak ng awtoridad at kapangyarihan ng Diyos? Dahil walang kakayahan ang paghinuha at imahinasyon ng tao na tulutan siyang makilala ang awtoridad ng Diyos, ano ang dapat gawin ng tao? Ang pinakamatalinong opsyon ay ang hindi maghinuha o maglarawan sa isip, na ang ibig sabihin ay hindi dapat umasa ang tao kailanman sa imahinasyon at dumepende sa paghinuha pagdating sa pagkilala sa awtoridad ng Diyos. Ano ba ang nais Kong sabihin sa inyo rito? Ang kaalaman tungkol sa awtoridad ng Diyos, kapangyarihan ng Diyos, sariling pagkakakilanlan ng Diyos, at diwa ng Diyos ay hindi makakamit sa pamamagitan ng pag-asa sa iyong imahinasyon. Dahil hindi ka makakaasa sa imahinasyon para malaman ang awtoridad ng Diyos, kung gayon, sa anong paraan mo makakamit ang tunay na kaalaman tungkol sa awtoridad ng Diyos? Ang paraan para magawa ito ay sa pamamagitan ng pagkain at pag-inom sa mga salita ng Diyos, sa pamamagitan ng pagbabahaginan, at sa pamamagitan ng pagdanas sa mga salita ng Diyos. Samakatuwid, magkakaroon ka ng unti-unting karanasan at pagpapatunay sa awtoridad ng Diyos at magtatamo ka ng paunti-unting pagkaunawa at nadaragdagang kaalaman tungkol dito. Ito lamang ang tanging paraan para makamit ang kaalaman tungkol sa awtoridad ng Diyos; walang mga madaliang paraan. Ang paghingi sa inyo na huwag itong ilarawan sa isip ay hindi katulad ng pagpapaubaya sa inyo na maupong walang ginagawa at maghintay ng pagkawasak, o pagpigil sa inyo sa paggawa ng anumang bagay. Ang hindi paggamit ng utak ninyo para mag-isip at maglarawan sa isip ay nangangahulugang hindi paggamit ng pangangatwiran para maghinuha, hindi paggamit ng kaalaman para magsuri, hindi paggamit sa siyensya bilang basehan, bagkus ay pagpapahalaga, pagpapatunay, at pagkumpirma na ang Diyos na iyong pinaniniwalaan ay may awtoridad, kinukumpirma na hawak Niya ng kataas-taasang kapangyarihan sa iyong kapalaran, at ang Kanyang kapangyarihan ay nagpapatunay sa lahat ng sandali na Siya ang tunay na Diyos

Mismo, sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos, sa pamamagitan ng katotohanan, sa pamamagitan ng lahat ng bagay na hinaharap mo sa buhay. Ito ang tanging paraan para makamit ang sinuman ng pagkaunawa sa Diyos. May mga nagsasabi na ninanais nila na makahanap ng simpleng paraan para makamit ang layuning ito, ngunit may naiisip ba kayong gayong paraan? Sinasabi Ko sa iyo, hindi na kailangang mag-isip: Wala nang ibang paraan! Ang tanging paraan ay matapat at matiyagang alamin at patunayan kung ano ang mayroon at kung ano ang Diyos sa pamamagitan ng bawat salita na Kanyang ipinahahayag at sa lahat ng Kanyang ginagawa. Ito ang tanging paraan para makilala ang Diyos. Dahil kung ano ang mayroon at kung ano ang Diyos, at ang lahat ng bagay na tungkol sa Diyos, ay hindi hungkag at walang-kabuluhan, kundi tunay.

Ang Pagiging Totoo ng Kontrol at Pamamahala ng Lumikha sa Lahat ng Bagay at mga Buhay na Nilalang ay Nagsasalita Tungkol sa Tunay na Pagiral ng Awtoridad ng Lumikha

Gayundin, ang pagpapala ni Jehova kay Job ay nakatala sa Aklat ng Job. Ano ang ipinagkaloob ng Diyos kay Job? “Sa gayo’y pinagpala ni Jehova, ang huling wakas ni Job na higit kaysa sa kanyang pasimula: at siya’y nagkaroon ng labing apat na libong tupa, at anim na libong kamelyo, at isang libong tuwang na baka, at isang libong asnong babae” (Job 42:12). Mula sa pananaw ng tao, ano ang mga bagay na ito na ibinigay kay Job? Mga ari-arian ba iyon ng sangkatauhan? Sa mga ari-ariang ito, naging napakayaman na ba ni Job sa panahong iyon? Kung gayon, paano niya nakuha ang mga naturang ari-arian? Saan nanggaling ang kanyang kayamanan? Kahit hindi sabihin, salamat sa pagpapala ng Diyos at natamo ni Job ang mga iyon. Kung paano tiningnan ni Job ang mga ari-ariang ito, at kung paano niya itinuring ang mga pagpapala ng Diyos, ay hindi isang bagay na ating tatalakayin dito. Pagdating sa mga pagpapala ng Diyos, araw at gabing naghahangad ang lahat ng tao na pagpalain ng Diyos, ngunit walang kontrol ang tao kung gaano karaming ari-arian ang kaya niyang matamo sa buong panahon ng kanyang buhay, o kung makakatanggap ba siya ng pagpapala mula sa Diyos—at ito ay isang hindi mapapasubaliang katunayan! May awtoridad ang Diyos, at may kapangyarihan para magkaloob ng anumang ari-arian sa tao, para tulutan ang taong makakuha ng anumang basbas, ngunit may prinsipyo sa mga pagpapala ng Diyos. Anong uri ng mga tao ang pinagpapala ng Diyos? Siyempre, pinagpapala Niya ang mga taong gusto Niya! Parehong pinagpala ng Diyos sina Abraham at Job, ngunit hindi magkatulad ang mga biyaya na kanilang natanggap. Pinagpala ng Diyos si Abraham ng mga inapo na kasingdami ng buhangin at bituin. Nang pinagpala ng Diyos si Abraham, ginawa Niya ang mga inapo ng isang tao, at isang bansa, na maging makapangyarihan at masagana. Dito, pinagharian ng awtoridad ng Diyos ang sangkatauhan, na huminga ng hininga ng Diyos sa lahat ng bagay at buhay na nilalang. Sa ilalim ng kataas-taasang kapangyarihan ng awtoridad ng Diyos, lumaganap ang sangkatauhang ito at umiral sa bilis, at sa loob ng saklaw, na ipinasya ng Diyos. Lalo na, ang posibilidad na pananatili

ng bansang ito, antas ng paglaki, at haba ng buhay ay bahagi lahat ng pagsasaayos ng Diyos, at ang prinsipyo ng lahat ng ito ay ganap na nakabase sa pangako ng Diyos kay Abraham. Ibig sabihin, kahit ano pa ang mga pangyayari, ang mga pangako ng Diyos ay magpapatuloy nang walang balakid at mangyayari ito sa ilalim ng pangangalaga ng awtoridad ng Diyos. Sa pangakong ginawa ng Diyos kay Abraham, kahit ano pa ang mga kaguluhan ng mundo, kahit ano pa ang kapanahunan, kahit ano pa ang mga pinagdaanang sakuna ng sangkatauhan, hindi haharapin ng mga inapo ni Abraham ang panganib ng pagkalipol, at hindi mamamatay ang kanilang bansa. Ang pagpapala ng Diyos kay Job, gayunpaman, ay lubos na nagpayaman sa kanya. Ang ibinigay ng Diyos sa kanya ay ang maraming nabubuhay at humihingang mga nilalang, na ang mga detalye—ang kanilang bilang, kanilang bilis ng pagdami, antas ng patuloy na pamumuhay, ang dami ng taba na nasa kanila, at iba pa—ay kontrolado rin ng Diyos. Kahit na ang mga buhay na nilalang na ito ay hindi nakakapagsalita, bahagi rin sila ng pagsasaayos ng Lumikha, at ang prinsipyo ng pagsasaayos ng Diyos sa mga ito ay ayon sa pagpapala na ipinangako ng Diyos kay Job. Sa mga pagpapalang ibinigay ng Diyos kina Abraham at Job, bagama't magkaiba ang ipinangako, ang awtoridad na ginamit para pagharian ng Lumikha ang lahat ng bagay at buhay na nilalang ay pareho. Ang bawat detalye ng awtoridad at kapangyarihan ng Diyos ay ipinahayag sa Kanyang magkaibang mga pangako at pagpapala kina Abraham at Job, at minsan pang nagpapakita sa sangkatauhan na ang awtoridad ng Diyos ay malayung-malayo sa imahinasyon ng tao. Minsan pang sinasabi ng mga detalyeng ito sa sangkatauhan na kung gusto niyang malaman ang awtoridad ng Diyos, kung gayon ito ay makakamit lamang sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos at sa pamamagitan ng pagdaranas sa gawain ng Diyos.

Tinutulutan ng awtoridad ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay na makita ng tao ang isang katunayan: Hindi lamang kinakatawan ang awtoridad ng Diyos ng mga salitang “At sinabi ng Diyos, ‘Magkaroon ng liwanag,’ at nagkaroon ng liwanag, at, ‘Magkaroon ng kalawakan,’ at nagkaroon ng kalawakan, at, ‘Magkaroon ng lupa,’ at nagkaroon ng lupa,” kundi, higit pa rito, ang Kanyang awtoridad ay kinakatawan din sa paraan kung paano Niya ginawang magpatuloy ang liwanag, pinigilang mawala ang kalawakan, at ginawa na magpakailanmang hiwalay ang lupa mula sa tubig, gayundin sa mga detalye kung paano Niya pinagharian at pinamahalaan ang mga bagay na Kanyang nilalang: liwanag, kalawakan, at lupa. Ano pa ang nakikita ninyo sa pagpapala ng Diyos sa sangkatauhan? Malinaw na, matapos pagpalain ng Diyos sina Abraham at Job, hindi huminto ang mga yapak ng paa ng Diyos, dahil kasisimula pa lamang Niyang iunat ang Kanyang awtoridad, at hinangad Niya na gawing realidad ang bawat isa sa Kanyang mga salita, at gawing totoo ang bawat detalye ng Kanyang binigkas, at kaya, sa mga dumating na taon, ipinagpatuloy Niya ang paggawa sa lahat ng bagay na Kanyang nilayon. Dahil may awtoridad ang Diyos, marahil sa paningin ng tao ay nagsasalita lamang ang Diyos, at nang walang pagsisikap, natutupad ang lahat ng pangyayari at bagay. Ang naturang imahinasyon ay talagang katawa-tawa! Kung

kukunin mo lamang ang isang panig ng pananaw sa pagtatatag ng Diyos ng kasunduan sa tao gamit ang mga salita, at ang pagtupad ng Diyos sa lahat ng bagay gamit ang mga salita, at hindi mo nakikita ang sari-saring mga tanda at mga totoong impormasyon na ang awtoridad ng Diyos ay namamahala sa pag-iral ng lahat ng bagay, kung gayon ang iyong pagkaunawa sa awtoridad ng Diyos ay walang laman at katawa-tawa! Kung iniisip ng tao na ganoon ang Diyos, kung gayon, kailangang sabihin na ang kaalaman ng tao sa Diyos ay umabot na sa hangganan, at wala nang pupuntahan, dahil ang Diyos na iniisip ng tao ay isa lamang makina na nagbababa ng mga utos at hindi ang Diyos na nagtataglay ng awtoridad. Ano ang nakita mo sa pamamagitan ng mga halimbawa nina Abraham at Job? Nakita mo ba ang totoong aspeto ng awtoridad at kapangyarihan ng Diyos? Matapos pagpalain ng Diyos sina Abraham at Job, hindi nanatili ang Diyos kung nasaan Siya, ni hindi Niya inutusan ang Kanyang mga mensahero habang naghihintay na makita kung ano ang kalalabasan. Kabaligtaran nito, sa sandaling binigkas ng Diyos ang Kanyang mga salita, sa ilalim ng gabay ng awtoridad ng Diyos, ang lahat ng bagay ay nagsimulang sumunod sa gawain na nilayong gawin ng Diyos, at nakahanda na roon ang mga tao, bagay, at layon na hinihingi ng Diyos. Ibig sabihin, sa sandaling binigkas ang mga salita mula sa bibig ng Diyos, pinagagana na ang awtoridad ng Diyos sa buong kalupaan, at nagtakda na Siya ng landas para gawin at tuparin ang mga pangako Niya kina Abraham at Job, habang ginagawa rin ang lahat ng naaangkop na mga plano at mga paghahanda para sa lahat ng hinihingi sa bawat hakbang at bawat mahalagang yugto na plano Niyang isakatuparan. Sa panahong ito, hindi lamang minaniobra ng Diyos ang Kanyang mga mensahero, kundi ang lahat din ng mga bagay na nilikha Niya. Ang ibig sabihin nito ay ang sakop kung saan ay nagamit ang awtoridad ng Diyos ay hindi lamang kinabibilangan ng mga mensahero, kundi maging ng lahat ng bagay, na minaniobra para makasunod sa gawain na nilayon Niyang tuparin; ito ang mga partikular na paraan na ginagamit ang awtoridad ng Diyos. Sa inyong mga guniguni, maaaring mayroon ang ilan ng mga sumusunod na pagkaunawa sa awtoridad ng Diyos: may awtoridad ang Diyos, at may kapangyarihan ang Diyos, at kaya kailangan lamang manatili ang Diyos sa pangatlong langit, o sa isang nakapirming lugar, at hindi kailangang gumawa ng anumang partikular na gawain, at ang kabuuan ng gawain ng Diyos ay nagaganap sa loob ng Kanyang mga iniisip. May mga maaari ring maniwala na, bagama't pinagpala ng Diyos si Abraham, hindi na kailangang gumawa ng anumang bagay ang Diyos, at sapat na para sa Kanya na bigkasin lamang ang Kanyang mga salita. Ito ba talaga ang tunay na nangyari? Malinaw na hindi! Bagama't may taglay ang Diyos na awtoridad at kapangyarihan, tunay at totoo ang Kanyang awtoridad, hindi hungkag. Ang pagiging totoo at realidad ng awtoridad at kapangyarihan ng Diyos ay unti-unting nabubunyag at kinakatawan sa Kanyang paglikha ng lahat ng bagay, at pagkontrol sa lahat ng bagay, at sa proseso kung saan pinangungunahan at pinamamahalaan Niya ang sangkatauhan. Ang bawat paraan, bawat pananaw, at bawat detalye ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa sangkatauhan at sa lahat ng bagay, at lahat ng gawain na Kanyang natupad,

gayundin ang Kanyang pagkaunawa sa lahat ng bagay—ang lahat ng iyon ay literal na nagpapatunay na ang awtoridad at kapangyarihan ng Diyos ay hindi hungkag na mga salita. Ang Kanyang awtoridad at kapangyarihan ay ipinapakita at ibinubunyag nang palagian at sa lahat ng bagay. Ang mga pagpapamalas at pagbubunyag na ito ay nagsasalita tungkol sa tunay na pag-iral ng awtoridad ng Diyos, dahil ginagamit Niya ang Kanyang awtoridad at kapangyarihan para ipagpatuloy ang Kanyang gawain, at para utusan ang lahat ng bagay, at para pagharian ang lahat ng bagay sa bawat sandali; ang Kanyang kapangyarihan at awtoridad ay hindi mapapalitan ng mga anghel, o ng mga mensahero ng Diyos. Pinagpasyahan ng Diyos kung anong mga pagpapala ang Kanyang ipagkakaloob kina Abraham at Job—ang Diyos ang dapat na magdesisyon nito. Kahit pa personal na bumisita ang mga mensahero ng Diyos kina Abraham at Job, ang kanilang mga kilos ay naaayon sa mga kautusan ng Diyos, at ang kanilang mga kilos ay nasa ilalim ng awtoridad ng Diyos, at gayundin, ang mga mensahero ay nasa ilalim ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos. Bagama’t nakita ng tao ang mga mensahero ng Diyos na binisita si Abraham, at hindi nasaksihan ang Diyos na si Jehova na personal na gumawa ng anumang bagay sa mga tala sa Bibliya, sa totoo lang, ang Nag-iisang tunay na gumamit ng kapangyarihan at awtoridad ay ang Diyos Mismo, at hindi nito tinatanggap ang pagdududa ng sinumang tao! Bagama’t nakita mo na ang mga anghel at mga mensahero na nagtataglay ng matinding kapangyarihan, at nakagawa na ng mga himala, o nagawa na nila ang ilang bagay na inutos ng Diyos, ang mga pagkilos nila ay para lamang sa pagtupad ng utos ng Diyos, at ang mga ito ay walang-dudang hindi pagpapakita ng awtoridad ng Diyos—dahil walang tao o bagay ang mayroon, o nagtataglay, ng awtoridad ng Lumikha para lumikha ng lahat ng bagay at pagharian ang lahat ng bagay. Kaya walang tao o bagay ang makakagamit o makakapagpakita ng awtoridad ng Lumikha.

Di-Nagbabago at Di-Nalalabag ang Awtoridad ng Lumikha

Ano ang nakita ninyo sa tatlong bahaging ito ng kasulatan? Nakita na ba ninyo na may prinsipyo sa paggamit ng Kanyang awtoridad ang Diyos? Halimbawa, gumamit ang Diyos ng bahaghari para itatag ang kasunduan sa tao—naglagay Siya ng isang bahaghari sa kaulapan para sabihin sa tao na hindi na Niya kailanman gagamitin ang baha para sirain ang mundo. Ang bahaghari ba na nakikita ng mga tao ngayon ay pareho pa rin sa binigkas mula sa bibig ng Diyos? Nagbago na ba ang kalikasan at kahulugan nito? Walang dudang hindi ito nagbago. Ginamit ng Diyos ang Kanyang awtoridad para isakatuparan ang pagkilos na ito, at ang kasunduan na Kanyang itinatag sa tao ay nagpatuloy hanggang ngayon, at siyempre, ang panahon kung kailan mababago ang kasunduang ito ay nasa Diyos. Matapos sabihin ng Diyos “ang Aking bahaghari ay inilalagay Ko sa alapaap,” laging sumusunod ang Diyos sa kasunduang ito, hanggang sa ngayon. Ano ang nakikita mo rito? Bagama’t nagtataglay ang Diyos ng awtoridad at kapangyarihan, napakahigpit Niya at maprinsipyo sa Kanyang mga pagkilos, at

nananatiling totoo sa Kanyang salita. Ang pagiging mahigpit Niya, at ang mga prinsipyo ng Kanyang mga pagkilos, ay nagpapakita ng pagiging hindi nalalabag ng Lumikha at ng di-nalalampasang awtoridad ng Lumikha. Kahit na nagtataglay Siya ng kataas-taasang awtoridad, at ang lahat ng bagay ay nasa ilalim ng Kanyang kapamahalaan, at kahit na may kapangyarihan Siya na pagharian ang lahat ng bagay, hindi kailanman nasira o nagambala ng Diyos ang Kanyang sariling plano, at sa bawat pagkakataon na Kanyang ginagamit ang Kanyang awtoridad, ito ay mahigpit na naaayon sa Kanyang sariling mga prinsipyo, at lubos na sumusunod sa kung ano ang binigkas mula sa Kanyang bibig, at sumusunod sa mga hakbang at layon ng Kanyang plano. Hindi na kailangan pang sabihin, ang lahat ng bagay na pinaghaharian ng Diyos ay sumusunod din sa mga prinsipyo kung paano ginagamit ang awtoridad ng Diyos, at walang tao o bagay ang hindi kasali sa pagsasaayos ng Kanyang awtoridad, ni hindi nila mababago ang mga prinsipyo kung paano ginagamit ang Kanyang awtoridad. Sa mga mata ng Diyos, ang mga pinagpala ay nakakatanggap ng magandang kapalaran na dala ng Kanyang awtoridad, at ang mga isinusumpa ay nakakatanggap ng kanilang kaparusahan dahil sa awtoridad ng Diyos. Sa ilalim ng kataas-taasang kapangyarihan ng awtoridad ng Diyos, walang tao o bagay ang hindi saklaw ng paggamit ng Kanyang awtoridad, ni makapagbabago ng mga prinsipyo kung paano ginagamit ang Kanyang awtoridad. Ang awtoridad ng Lumikha ay hindi nababago ng mga pag-iiba sa anumang salik, at gayundin, hindi nababago ng anumang dahilan ang mga prinsipyo kung paano ginagamit ang Kanyang awtoridad. Maaaring sumailalim sa napakalaking pagbabago ang langit at lupa, ngunit ang awtoridad ng Lumikha ay hindi magbabago; mawala man ang lahat ng bagay, ngunit hindi kailanman mawawala ang awtoridad ng Lumikha. Ito ang diwa ng di-nagbabago at di-nalalabag na awtoridad ng Lumikha, at ito mismo ang pagiging napakanatatangi ng Lumikha!

Ang mga salitang nasa ibaba ay lubusang kinakailangan para malaman ang awtoridad ng Diyos, at ang kahulugan ng mga ito ay ibinigay sa pagbabahaginan sa ibaba. Ipagpatuloy natin ang pagbabasa ng Kasulatan.

4. Ang Utos ng Diyos kay Satanas

Job 2:6 At sinabi ni Jehova kay Satanas, “Narito, siya’y nasa iyong kamay; ingatan mo lamang ang kanyang buhay.”

Hindi Kailanman Nangahas si Satanas na Labagin ang Awtoridad ng Lumikha, at Dahil Dito, Nabubuhay sa Kaayusan ang Lahat ng Bagay

Ito ay hango mula sa Aklat ni Job, at ang “siya” sa mga salitang ito ay tumutukoy kay Job. Bagama’t maikli, nililiwanag ng pangungusap na ito ang maraming usapin. Inilalarawan nito ang isang partikular na pag-uusap sa pagitan ng Diyos at ni Satanas sa espirituwal na daigdig, at sinasabi sa atin na ang layon ng mga salita ng Diyos ay si Satanas. Itinatala rin nito ang partikular na sinabi ng Diyos. Ang mga salita ng Diyos ay

isang kautusan at isang atas kay Satanas. Ang mga partikular na detalye ng utos na ito ay kaugnay sa hindi pagkitil sa buhay ni Job at kung saan ay nilimitahan ng Diyos ang pagtrato ni Satanas kay Job—kinailangan ni Satanas na hindi kitilin ang buhay ni Job. Ang unang bagay na natututuhan natin mula sa pangungusap na ito ay na ang mga salitang ito ay sinabi ng Diyos kay Satanas. Ayon sa orihinal na teksto ng Aklat ni Job, sinasabi nito sa atin ang nasa likod ng mga naturang salita: Ninais ni Satanas na akusahan si Job, at kaya kailangan nitong makagawa ng kasunduan sa Diyos bago niya ito matukso. Sa pagpayag sa kahilingan ni Satanas na tuksuhin si Job, inilatag ng Diyos ang sumusunod na kondisyon kay Satanas: “Si Job ay nasa iyong kamay; ingatan mo lamang ang kanyang buhay.” Ano ang kalikasan ng mga salitang ito? Malinaw na kautusan ang mga ito, isang atas. Matapos maunawaan ang kalikasan ng mga salitang ito, kailangan mo, siyempre, na matarok na ang Diyos ang Siyang nagbigay ng utos na ito, at ang tumanggap sa utos na ito, at sumunod dito, ay si Satanas. Hindi na kailangang sabihin na sa utos na ito, ang ugnayan sa pagitan ng Diyos at ni Satanas ay kitang-kita ng sinumang nagbabasa ng mga salitang ito. Siyempre, ito rin ang ugnayan sa pagitan ng Diyos at ni Satanas sa espirituwal na daigdig, at ang kaibahan sa pagitan ng pagkakakilanlan at katayuan ng Diyos at ni Satanas, na nakalagay sa mga tala ng mga pag-uusap sa pagitan ng Diyos at ni Satanas sa mga Kasulatan, at ang partikular na halimbawa at tala ng teksto kung saan ay matututuhan ng tao sa kasalukuyan ang malinaw na kaibahan sa pagitan ng pagkakakilanlan at katayuan ng Diyos at ni Satanas. Sa puntong ito, masasabi Kong ang tala ng mga salitang ito ay isang mahalagang dokumento sa kaalaman ng sangkatauhan tungkol sa pagkakakilanlan at katayuan ng Diyos, at nagbibigay ito ng mahalagang impormasyon para sa kaalaman ng sangkatauhan sa Diyos. Sa pamamagitan ng pag-uusap na ito sa pagitan ng Lumikha at ni Satanas sa espirituwal na daigdig, nagagawang maunawaan ng tao ang isa pang partikular na aspeto ng awtoridad ng Lumikha. Ang mga salitang ito ay isa na namang patotoo sa natatanging awtoridad ng Lumikha.

Sa panlabas, ang Diyos na si Jehova ay nakikipag-usap kay Satanas. Kung pag-uusapan ang diwa, ang saloobing taglay ng Diyos na si Jehova sa Kanyang pagsasalita, at ang posisyon kung saan Siya nakatayo ay mas mataas kaysa kay Satanas. Ang ibig sabihin nito ay inuutusan ng Diyos na si Jehova si Satanas na may tono ng isang utos, at sinasabi kay Satanas kung ano ang dapat at hindi dapat na gawin, na si Job ay nasa mga kamay na nito, at malaya na nitong tratuhin si Job kung paano man nito naisin—ngunit hindi nito maaaring kunin ang buhay ni Job. Ang pumapangalawang teksto ay, bagama’t ipinaubaya na si Job sa mga kamay ni Satanas, hindi ipinaubaya ang kanyang buhay kay Satanas; walang sinuman ang maaaring kumuha ng buhay ni Job mula sa mga kamay ng Diyos maliban kung pinahintulutan ito ng Diyos. Malinaw na sinasabi ang saloobin ng Diyos sa kautusang ito kay Satanas, at ang kautusan ding ito ay nagpapamalas at nagbubunyag ng posisyon kung saan nakikipag-usap ang Diyos na si Jehova kay Satanas. Dito, hindi lamang hawak ng Diyos na si Jehova ang katayuan

ng Diyos na lumikha ng liwanag, at hangin, at ng lahat ng bagay at mga buhay na nilalang, ng Diyos na humahawak ng kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay at mga buhay na nilalang, kundi ng Diyos din na nag-uutos sa sangkatauhan, at nag-uutos sa Hades, ng Diyos na kumontrol sa buhay at kamatayan ng lahat ng bagay na nabubuhay. Sa espirituwal na daigdig, sino bukod sa Diyos ang maglalakas-loob na magbigay ng gayong utos kay Satanas? At bakit ang Diyos ay personal na nagbigay ng Kanyang utos kay Satanas? Dahil ang buhay ng tao, kasama na ang kay Job, ay kontrolado ng Diyos. Hindi pinahintulutan ng Diyos si Satanas na saktan o kunin ang buhay ni Job, at kahit pa pinahintulutan ng Diyos si Satanas na tuksuhin si Job, naalala pa rin ng Diyos na espesyal na magbaba ng naturang utos, at muling inutusan si Satanas na huwag kunin ang buhay ni Job. Si Satanas ay hindi kailanman nangahas na suwayin ang awtoridad ng Diyos, at higit pa rito, ay laging maingat na nakinig at sumunod sa mga atas at partikular na kautusan ng Diyos, hindi kailanman nangangahas na labagin ang mga ito, at siyempre, hindi nangangahas na malayang baguhin ang anuman sa mga atas ng Diyos. Gayon ang mga hangganan na naitalaga na ng Diyos kay Satanas, at kaya hindi kailanman nangahas si Satanas na lumampas sa mga hangganang ito. Hindi ba ito ang kapangyarihan ng awtoridad ng Diyos? Hindi ba ito patotoo sa awtoridad ng Diyos? May mas malinaw na pagkaunawa si Satanas kaysa sa sangkatauhan kung paano kumilos tungo sa Diyos, at kung paano tingnan ang Diyos, at kaya, sa espirituwal na daigdig, napakalinaw na nakikita ni Satanas ang katayuan at awtoridad ng Diyos, at may malalim na pagpapahalaga sa kapangyarihan ng awtoridad ng Diyos at sa mga prinsipyo sa likod ng pag-uunat ng Kanyang awtoridad. Hindi nito pinangangahasan, ni minsan, na hindi pansinin ang mga ito, ni hindi ito nangangahas na labagin ang mga ito sa anumang paraan, o gawin ang anumang bagay na sumusuway sa awtoridad ng Diyos, at hindi ito nangangahas na hamunin ang poot ng Diyos sa anumang paraan. Bagama't likas na masama at mapagmataas ito, hindi kailanman nangahas si Satanas na lumampas sa mga hangganan at limitasyon na itinalaga para dito ng Diyos. Sa milyun-milyong taon, ito ay mahigpit na sumunod sa mga hangganang ito, sumunod sa bawat kautusan at atas na ibinigay rito ng Diyos, at hindi kailanman nangahas na lampasan ang limitasyon. Kahit masama ang hangarin nito, di-hamak na mas matalino si Satanas kaysa sa tiwaling sangkatauhan; alam nito ang pagkakakilanlan ng Lumikha, at alam nito ang sarili nitong hangganan. Mula sa mga “mapagpasakop” na kilos ni Satanas, makikita na ang awtoridad at kapangyarihan ng Diyos ay mga kautusan ng kalangitan na hindi malalabag ni Satanas, at dahil mismo sa pagiging natatangi at awtoridad ng Diyos kaya ang lahat ng bagay ay nagbabago at dumadami sa isang maayos na paraan, kaya nabubuhay ang sangkatauhan at dumarami alinsunod sa landas na itinatag ng Diyos, at walang tao o bagay ang may kakayahang guluhin ang kaayusang ito, at walang tao o bagay ang may kakayahang baguhin ang batas na ito—dahil ang lahat ng iyon ay galing sa mga kamay ng Lumikha, at mula sa atas at awtoridad ng Lumikha.

Tanging ang Diyos, na May Pagkakakilanlan ng Lumikha, ang Nagtataglay ng Natatanging Awtoridad

Ang espesyal na pagkakakilanlan ni Satanang ay nagsanhi na sa maraming tao na magpakita ng matinding interes sa mga pagpapamalas nito sa iba't ibang aspeto. Marami pa ngang mga hangal na tao ang naniniwala na, tulad ng Diyos, nagtataglay rin si Satanang ng awtoridad, dahil may kakayahan si Satanang na magpakita ng mga himala, at may kakayahang gumawa ng mga bagay na imposible sa sangkatauhan. At kaya, bukod sa pagsamba sa Diyos, naglalaan din ang sangkatauhan ng lugar sa kanyang puso para kay Satanang, at sinasamba pa si Satanang bilang Diyos. Parehong kaawa-awa at kasuklam-suklam ang mga taong ito. Kaawa-awa sila dahil sa kanilang kamangmangan, at kasuklam-suklam dahil sa kanilang maling pananampalataya at likas na masamang diwa. Sa puntong ito, pakiramdam Ko ay kailangang ipaalam sa inyo kung ano ang awtoridad, ano ang isinasagisag nito, at kung ano ang kinakatawan nito. Sa pangkalahatang pananalita, ang Diyos Mismo ay awtoridad, isinasagisag ng Kanyang awtoridad ang kataas-taasang kapangyarihan at diwa ng Diyos, at ang awtoridad ng Diyos Mismo ay kumakatawan sa katayuan at pagkakakilanlan ng Diyos. Yamang ito ang sitwasyon, nangangahas ba si Satanang na sabihin na ito mismo ay Diyos? Nangangahas ba si Satanang na sabihin na ito ang lumikha ng lahat ng bagay, at humahawak ng kataas-taasang kapangyarihang maghari sa lahat ng bagay? Siyempre hindi! Dahil wala itong kakayahan na likhain ang lahat ng bagay; hanggang ngayon, hindi kailanman ito nakagawa ng anumang bagay na nilikha ng Diyos, at hindi kailanman nakalikha ng anumang bagay na may buhay. Dahil wala itong awtoridad ng Diyos, hindi ito kailanman maaaring magtaglay ng katayuan at pagkakakilanlan ng Diyos, at ito ay nalalaman sa pamamagitan ng diwa nito. Mayroon ba itong kaparehong kapangyarihan tulad ng sa Diyos? Siyempre wala! Ano ang tawag natin sa mga kilos ni Satanang, at sa mga himalang ipinakikita ni Satanang? Kapangyarihan ba ito? Maaari ba itong matawag na awtoridad? Siyempre hindi! Pinamamahalaan ni Satanang ang agos ng kasamaan, at sinisira, pinipinsala, at ginagambala ang bawat aspeto ng gawain ng Diyos. Sa nakaraang ilang libong taon, bukod sa pagtiwali at pang-aabuso sa sangkatauhan, at pang-aakit at panlilinlang sa tao sa kasamaan, at sa pagtanggig sa Diyos para maglakad ang tao patungo sa lambak ng anino ng kamatayan, nakagawa na ba ng anumang bagay si Satanang na karapat-dapat sa kahit katiting na pag-alala, papuri, o pagtatangi ng tao? Kung nagtaglay ng awtoridad at kapangyarihan si Satanang, magagawang tiwali kaya nito ang sangkatauhan? Kung nagtaglay ng awtoridad at kapangyarihan si Satanang, mapipinsala kaya nito ang sangkatauhan? Kung nagtaglay ng kapangyarihan at awtoridad si Satanang, matatalikuran kaya ng sangkatauhan ang Diyos at mapapaharap na sa kamatayan? Yamang walang awtoridad at kapangyarihan si Satanang, ano ang maaari nating pagtibayin tungkol sa diwa ng lahat ng ginagawa nito? Mayroong mga nagpapakahulugan sa lahat ng ginagawa ni Satanang bilang panlilinlang lamang,

ngunit naniniwala Ako na hindi masyadong naaangkop ang gayong pakahulugan. Ang masasama ba nitong gawa ng katiwalian sa sangkatauhan ay panlilinlang lamang? Ang masamang kapangyarihan na ginamit ni Satanas para abusuhin si Job, at ang mabagsik na pagnanasa nito na abusuhin at lamunin siya, ay hindi makakamit ng panlilinlang lamang. Sa pagbabalik-tanaw, sa isang iglap, ang mga kawan at mga bakahan ni Job, na nakakalat nang malayo at malawak sa buong kaburulan at kabundukan, ay nawala; sa isang iglap, nawala ang malaking kayamanan ni Job. Kaya ba iyong makamit ng panlilinlang lamang? Ang kalikasan ng lahat ng ginagawa ni Satanas ay tumutugon at akma sa mga negatibong termino gaya ng para maminsala, para manggambala, para manira, para manakit, kasamaan, paghahangad ng masama, at kadiliman, at kaya ang pangyayari ng lahat ng hindi matuwid at masama ay mahigpit na nakadikit sa mga gawa ni Satanas, at hindi maihihiwalay sa masamang diwa ni Satanas. Kahit gaano pa “kalakas” si Satanas, kahit gaano pa ito kapangahas at kaambisyoso, kahit gaano pa katindi ang abilidad nito para magdulot ng pinsala, kahit gaano pa kalawak ang mga paraan para gawing tiwali at akitin nito ang tao, kahit gaano pa kagaling ang mga pandaraya at mga pakana nito sa pananakot ng tao, kahit gaano pa pabago-bago ang anyo ng pag-iral nito, hindi pa ito kailanman nakalikha ng kahit isang buhay na nilalang, hindi pa kailanman nakapagtakda ng mga batas at patakaran para sa pag-iral ng lahat ng bagay, at hindi pa kailanman naghari o kumontrol ng anumang bagay, may buhay man o wala. Sa loob ng kosmos at sa kalangitan, wala ni isang tao o bagay ang naisilang mula rito, o umiiral nang dahil dito; wala ni isang tao o bagay ang pinaghaharian nito, o kinokontrol nito. Sa kabaligtaran, hindi lamang nito kailangang sumailalim sa kapamahalaan ng Diyos, kundi, higit pa rito ay kailangang sumunod sa lahat ng atas at kautusan ng Diyos. Kung walang pahintulot ang Diyos, mahirap para kay Satanas na hipuin kahit na ang isang patak ng tubig o butil ng buhangin sa lupa; kung walang pahintulot ang Diyos, ni hindi malaya si Satanas na galawin man lamang ang mga langgam sa lupa, lalo na ang sangkatauhan, na nilikha ng Diyos. Sa mga mata ng Diyos, mas mababa pa si Satanas sa mga liryo ng kabundukan, sa mga ibon na lumilipad sa himpapawid, sa mga isda sa karagatan, at sa mga uod sa lupa. Ang papel nito sa lahat ng bagay ay para pagsilbihan ang lahat ng bagay, at gumawa para sa sangkatauhan, at pagsilbihan ang gawain ng Diyos at ang Kanyang plano ng pamamahala. Kahit gaano pa kamalisyoso ang kalikasan nito, at gaano man kasama ang diwa nito, ang tanging bagay na magagawa nito ay ang tapat na gawin ang tungkulin nito: ang magsilbi sa Diyos, at maging panghambing ng Diyos. Ito ang diwa at kinatatayuan ni Satanas. Ang diwa nito ay hindi kaugnay sa buhay, hindi kaugnay sa kapangyarihan, hindi kaugnay sa awtoridad; laruan lamang ito sa mga kamay ng Diyos, isa lang makina na nagsisilbi sa Diyos!

Matapos maunawaan ang tunay na mukha ni Satanas, maraming tao ang hindi pa rin nakakaintindi kung ano ang awtoridad, kaya hayaan mong sabihin Ko ito sa iyo! Ang awtoridad mismo ay maipapaliwanag bilang kapangyarihan ng Diyos. Una, masasabi

nang may katiyakan na positibong pareho ang awtoridad at kapangyarihan. Walang koneksyon ang mga ito sa anumang bagay na negatibo, at hindi nauugnay ang mga ito sa anumang nilikha o di-nilikha. Kayang lumikha ng kapangyarihan ng Diyos ng mga bagay sa anumang anyo na may buhay at kasiglahan, at pinagpapasyahan ito ng buhay ng Diyos. Ang Diyos ay buhay, kaya Siya ang pinagmumulan ng lahat ng nabubuhay. Dagdag pa rito, mapapasunod ng awtoridad ng Diyos ang lahat ng nabubuhay na nilalang sa bawat salita ng Diyos, ang ibig sabihin nito, ay mabuo nang naaayon sa mga salita mula sa bibig ng Diyos, at mamuhay at magparami sa pamamagitan ng utos ng Diyos, matapos nito ay napaghaharian at nauutusan ng Diyos ang lahat ng bagay na nabubuhay, at hindi kailanman magkakaroon ng paglihis, magpasawalang-hanggan. Walang tao o bagay ang mayroon ng ganitong mga bagay; tanging ang Lumikha lamang ang nagtataglay at mayroon ng gayong kapangyarihan, at kaya ito ay tinatawag na awtoridad. Ito ang pagiging natatangi ng Lumikha. Dahil dito, kung ito man ay ang salitang “awtoridad” mismo o ang diwa ng awtoridad na ito, ang bawat isa ay maiuugnay lamang sa Lumikha, dahil ito ay sagisag ng natatanging pagkakakilanlan at diwa ng Lumikha, at kumakatawan ito sa pagkakakilanlan at katayuan ng Lumikha; bukod sa Lumikha, walang tao o bagay ang maiuugnay sa salitang “awtoridad.” Ito ay isang pagpapakahulugan sa natatanging awtoridad ng Lumikha.

Kahit na tinitingnan ni Satanas si Job nang may inggit sa mga mata, hindi ito nangahas na hipuin ni isang buhok sa katawan ni Job nang walang pahintulot ng Diyos. Kahit pa likas na masama at malupit si Satanas, matapos ibaba ng Diyos ang Kanyang utos dito, wala nang nagawa si Satanas kundi sumunod sa kautusan ng Diyos. Samakatuwid, kahit na si Satanas ay kasingbangis ng isang lobo sa gitna ng mga tupa nang pumaroon kay Job, hindi nito tinangkang kalimutan ang mga hangganan na itinakda ng Diyos para dito, hindi ito nangahas na labagin ang mga atas ng Diyos, at sa lahat ng ginawa nito, hindi nangahas na lumihis si Satanas mula sa mga prinsipyo at hangganan ng mga salita ng Diyos—hindi ba ito isang katunayan? Mula rito ay makikita na hindi nangangahas si Satanas na salungatin ang anumang mga salita ng Diyos na si Jehova. Para kay Satanas, ang bawat salita mula sa bibig ng Diyos ay isang utos at isang batas ng kalangitan, isang pagpapahayag ng awtoridad ng Diyos—dahil sa likod ng bawat salita ng Diyos ay ipinahihiwatig ang kaparusahan ng Diyos para sa mga lumalabag sa mga utos ng Diyos, at sa mga sumusuway at sumasalungat sa mga batas ng kalangitan. Malinaw na alam ni Satanas na kapag nilabag nito ang mga utos ng Diyos, kung gayon ay kailangan nitong tanggapin ang mga bunga ng paglabag sa awtoridad ng Diyos at pagsalungat sa mga kautusan ng kalangitan. Ano ba ang mga kahihinatnang ito? Hindi na kailangang sabihin, ang mga iyon ay ang kaparusahan ng Diyos dito. Ang mga pagkilos ni Satanas tungo kay Job ay isang maliit na paglalarawan lamang ng pagtitiwali nito sa tao, at nang isinakatuparan ni Satanas ang mga pagkilos na ito, ang mga itinakdang hangganan ng Diyos at ang Kanyang ibinabang mga utos kay Satanas ay isang munting bersyon lamang ng mga prinsipyo sa likod ng lahat ng ginagawa nito.

Dagdag pa rito, ang tungkulin at papel ni Satanas sa bagay na ito ay isang munting bersyon lamang ng tungkulin at papel nito sa gawain ng pamamahala ng Diyos, at ang lubos na pagsunod ni Satanas sa Diyos sa panunukso nito kay Job ay isang maliit na paglalarawan lamang kung paanong hindi nangahas si Satanas na kumontra nang kahit kaunti sa Diyos sa gawain ng pamamahala ng Diyos. Anong babala ang ibinibigay ng maliliit na paglalarawang ito sa inyo? Sa lahat ng bagay, kasama na si Satanas, walang tao o bagay ang makakalabag sa mga batas ng kalangitan at mga utos na itinakda ng Lumikha, at walang tao o bagay ang nangangahas na labagin ang mga batas at utos ng kalangitan na ito, dahil walang tao o bagay ang maaaring bumago o tumakas mula sa kaparusahan na ipinapataw ng Lumikha sa mga sumusuway sa mga ito. Tanging ang Lumikha lamang ang makakapagtatag ng mga batas at mga utos ng kalangitan, tanging ang Lumikha lamang ang may kapangyarihan na ipatupad ang mga ito, at tanging ang kapangyarihan lamang ng Lumikha ang hindi malalabag ng sinumang tao o bagay. Ito ang natatanging awtoridad ng Lumikha, at kataas-taasan ang awtoridad na ito sa lahat ng bagay, at kaya imposibleng sabihin na “ang Diyos ang pinakadakila at pangalawa si Satanas.” Maliban sa Lumikha na nagtataglay ng natatanging awtoridad, wala nang iba pang Diyos!

May bago ba kayong nalaman ngayon tungkol sa awtoridad ng Diyos? Una, may kaibahan ba sa pagitan ng awtoridad ng Diyos na kababanggit lamang, at ng kapangyarihan ng tao? Ano ang kaibahan? May mga taong nagsasabi na walang pagkakahalintulad sa dalawa. Tama iyon! Bagama’t sinasabi ng mga tao na walang pagkakahalintulad sa dalawa, sa mga iniisip at mga kuru-kuro ng tao, madalas na napagkakamalang awtoridad ang kapangyarihan ng tao, at kadalasang pinaghahambing ang dalawa sa isa’t isa. Ano ang nangyayari dito? Hindi ba nagkakamali ang mga tao dahil di-sinasadyang napagpapalit nila ang dalawa? Hindi magkaugnay ang dalawa, at walang pagkakahalintulad sa pagitan nila, ngunit hindi pa rin ito maiwasan ng mga tao. Paano ba ito dapat lutasin? Kung talagang gusto mong maghanap ng resolusyon, ang tanging paraan ay ang pag-intindi at pag-alam sa natatanging awtoridad ng Diyos. Pagkatapos maintindihan at malaman ang awtoridad ng Lumikha, hindi mo na babanggitin ang kapangyarihan ng tao at ang awtoridad ng Diyos sa parehong pagkakataon.

Ano ang pinatutungkulan ng kapangyarihan ng tao? Sa madaling salita, isa itong abilidad o kasanayan na nagdudulot na mapalaki o matupad sa pinakamalawak na paraan ang tiwaling disposisyon, mga pagnanasa at mga ambisyon ng tao. Masasabi bang ito ay awtoridad? Kahit gaano pa kalaki o kapaki-pakinabang ang mga ambisyon at pagnanasa ng tao, ang taong iyon ay hindi masasabing nagtataglay ng awtoridad; kadalasan, ang kalabisan at tagumpay na ito ay pagpapakita lamang ng pagpapatawa ni Satanas sa mga tao; kadalasan ay isa itong katatawanan kung saan ay gumaganap si Satanas bilang sarili nitong ninuno para tuparin ang ambisyon nito na maging Diyos.

Paano mo ba talaga tinitingnan ang awtoridad ng Diyos ngayon? Ngayon na ang mga salitang ito ay napagbahaginan na, dapat ay mayroon ka ng bagong kaalaman

tungkol sa awtoridad ng Diyos. Kaya tinatanong Ko kayo: Ano ang isinasagisag ng awtoridad ng Diyos? Isinasagisag ba nito ang pagkakakilanlan ng Diyos Mismo? Isinasagisag ba nito ang kapangyarihan ng Diyos Mismo? Isinasagisag ba nito ang natatanging katayuan ng Diyos Mismo? Sa lahat ng bagay, saan mo na nakita ang awtoridad ng Diyos? Paano mo ito nakita? Kung pag-uusapan ang apat na panahon na nararanasan ng tao, mababago ba ng sinuman ang batas ng pagpapalitan sa pagitan ng tagsibol, tag-init, taglagas at taglamig? Sa tagsibol, sumisibol at namumulaklak ang mga puno; sa tag-init ang mga ito ay nababalot ng mga dahon; sa taglagas ang mga ito ay namumunga, at sa taglamig nalalagas ang mga dahon. Kaya bang baguhin ng sinuman ang batas na ito? Sinasalamin ba nito ang isang aspeto ng awtoridad ng Diyos? Sinabi ng Diyos “Magkaroon ng liwanag,” at nagkaroon ng liwanag. Umiiral pa rin ba ang liwanag na ito? Ano ang dahilan nito para umiral? Umiiral ito dahil sa mga salita ng Diyos, siyempre, at dahil sa awtoridad ng Diyos. Ang hangin ba na nilikha ng Diyos ay umiiral pa rin? Ang hangin ba na hinihinga ng tao ay galing sa Diyos? Maaalis ba ng sinuman ang mga bagay na nanggagaling sa Diyos? Mababago ba ng sinuman ang kanilang diwa at tungkulin? Kaya bang guluhin ng sinuman ang gabi at araw na inilaan ng Diyos, at ang batas ng gabi at araw na iniutos ng Diyos? Magagawa ba ni Satanas ang gayong bagay? Kahit na hindi ka natutulog sa gabi, at ginagawa mong araw ang gabi, ito ay gabi pa rin; maaari mong baguhin ang iyong pang-araw-araw na karaniwang gawain, ngunit wala kang kakayahan na baguhin ang batas ng pagpapalitan ng gabi at araw—ang katunayang ito ay hindi nababago ng sinumang tao, hindi ba? Kaya ba ng sinuman na pag-araruhin ng lupa ang leon tulad ng baka? Kaya ba ng sinuman na gawing buriko ang elepante? Kaya ba ng sinuman na paliparin nang matayog sa himpapawid ang manok tulad ng agila? Kaya ba ng sinuman na pakainin ng damo ang lobo tulad ng tupa? (Hindi.) Kaya ba ng sinuman na patirahin ang isda na nasa tubig sa tuyong lupa? Hindi iyan magagawa ng mga tao. Bakit hindi? Dahil ipinag-utos ng Diyos sa isda na manirahan sa tubig, at kaya naninirahan ang mga ito sa tubig. Ang mga ito ay hindi mananatiling buhay sa lupa, at mamamatay; hindi kayang labagin ng mga ito ang mga hangganan ng kautusan ng Diyos. Ang lahat ng bagay ay may batas at hangganan sa kanilang pag-iral, at may sariling likas na gawi ang bawat isa sa mga ito. Ang mga ito ay itinalaga ng Lumikha, at di-mababago at di-malalampasan ng sinumang tao. Halimbawa, laging maninirahan ang leon sa gubat, malayo sa mga pamayanan ng tao, at hindi kailanman magiging maamo at matapat tulad ng baka na kasamang namumuhay at nagtatrabaho para sa tao. Bagama’t parehong hayop ang mga elepante at buriko at parehong may apat na paa, at mga nilalang na humihinga ng hangin, magkaibang klase ang mga ito, dahil hinati-hati sila ng Diyos sa magkakaibang uri, may kanya-kanya silang likas na gawi, at kaya hindi sila kailanman mapagpapalit. Bagama’t ang manok ay may dalawang binti at mga pakpak tulad ng isang agila, hindi ito kailanman makalilipad sa himpapawid; makakalipad lamang ito papunta sa isang puno—pinagpapasyahan ito ng likas na gawi nito. Hindi na

kailangang sabihin, ang lahat ng ito ay dahil sa mga kautusan ng awtoridad ng Diyos.

Sa pag-unlad ngayon ng sangkatauhan, masasabing yumayabong ang siyensya ng sangkatauhan at kung ilalarawan ang mga nagawa ng mga siyentipikong pananaliksik ng tao ay kahanga-hanga ang mga ito. Masasabi rin na ang abilidad ng tao ay humuhusay nang humuhusay, ngunit may isang pambihirang siyentipikong pagtuklas na hindi pa kayang gawin ng sangkatauhan: Nakagawa na ang sangkatauhan ng mga eroplano, mga kargahan ng eroplano, at ng bombang atomika, nakarating na sa kalawakan ang sangkatauhan, nakalakad sa buwan, nakaimbento ng Internet, at namuhay nang may “hi-tech” na estilo ng pamumuhay, ngunit walang kakayahan ang sangkatauhan na lumikha ng isang buhay at humihingang bagay. Ang mga likas na gawi ng bawat buhay na nilalang at ang mga batas na ipinamumuhay ng mga ito, at ang siklo ng buhay at kamatayan ng bawat uri ng buhay na bagay—ang lahat ng ito ay lampas sa kayang gawin ng siyensya ng sangkatauhan at hindi kayang kontrolin nito. Sa puntong ito, masasabi na kahit gaano kataas ang naaabot ng siyensya ng tao, hindi ito naihahambing sa alinman sa mga iniisip ng Lumikha, at walang kakayahang makilala ang mahimalang paglikha ng Lumikha at ang kapangyarihan ng Kanyang awtoridad. Napakarami ng mga karagatan sa ibabaw ng lupa, ngunit hindi kailanman nilabag ng mga ito ang kanilang mga hangganan at basta-basta na lamang umagos sa lupa, at ito ay dahil itinakda ng Diyos ang hangganan ng bawat isa sa kanila; nanatili ang mga ito kung saan man inutusang manatili ang mga ito, at hindi malayang makagagalaw ang mga ito nang walang pahintulot ng Diyos. Kapag walang pahintulot ang Diyos, hindi sila maaaring manghimasok sa bawat isa, at makagagalaw lamang kapag sinabi ito ng Diyos, at tinutukoy ng awtoridad ng Diyos kung saan pumupunta at nananatili ang mga ito.

Para gawin itong malinaw, “ang awtoridad ng Diyos” ay nangangahulugang bahala ang Diyos. May karapatan ang Diyos na magpasya kung paano gawin ang isang bagay, at ginagawa ito sa kung papaanong paraan Niya naisin. Nakasalalay sa Diyos ang batas ng lahat ng bagay, at hindi nakabatay sa tao; ni hindi ito mababago ng tao. Hindi ito matitinag ng kalooban ng tao, bagkus ay binabago ito ng mga iniisip ng Diyos, ng karunungan ng Diyos, at ng mga utos ng Diyos; ito ay isang katunayan na hindi kayang itanggi ng sinumang tao. Ang mga kalangitan at lupa at lahat ng bagay, ang sansinukob, ang mabituing kalawakan, ang apat na panahon ng taon, ang nakikita at di-nakikita ng tao—ang lahat ng ito ay umiiral, gumagana, at nagbabago nang wala ni katiting na pagkakamali, sa ilalim ng awtoridad ng Diyos, ayon sa mga atas ng Diyos, ayon sa mga kautusan ng Diyos, at ayon sa mga batas ng simula ng paglikha. Wala kahit isang tao o bagay ang makakapagbago ng mga batas ng mga ito, o makakapagbago ng likas na landas ng paggana ng mga ito; ang mga ito ay naging kung ano ang mga ito dahil sa awtoridad ng Diyos, at nawawala dahil sa awtoridad ng Diyos. Ito ang mismong awtoridad ng Diyos. Ngayon na ganito na karami ang nasabi na, nararamdaman mo ba na ang awtoridad ng Diyos ay sagisag ng pagkakakilanlan at katayuan ng Diyos? Matataglay ba ng anumang nilikha o di-nilikha ang awtoridad

ng Diyos? Maaari ba itong magaya, matularan, o mapalitan ng anumang tao, bagay, o layon?

Natatangi ang Pagkakakilanlan ng Lumikha, at Hindi Mo Dapat Sundin ang Ideya ng Politeismo

Bagama't ang mga kasanayan at kakayahan ni Satanas ay mas matindi kaysa roon sa tao, bagama't makakagawa ito ng maraming bagay na hindi kayang maabot ng tao, kung iyo mang kinaiinggitan o hinahangad ang ginagawa ni Satanas, kung iyo mang kinamumuhian o kinasusuklanan ang mga bagay na ito, kung may kakayahan ka man o wala na makita ang mga iyon, at gaano man kalaki ang kayang maisakatuparan ni Satanas, o kung gaano man karaming tao ang malilinlang nito na sambahin ito at ilagay ito sa dambana, at kung paano mo man ito bigyang-kahulugan, hindi mo maaaring sabihin na ito ay mayroong awtoridad at kapangyarihan ng Diyos. Dapat mong malaman na ang Diyos ay Diyos, may nag-iisang Diyos lamang, at higit pa rito, kailangan mong malaman na Diyos lamang ang may awtoridad, na ang Diyos lamang ang may kapangyarihan na kontrolin at pamunuan ang lahat ng bagay. Dahil lamang sa may kakayahan si Satanas na manlinlang ng mga tao at may kakayahang gayahin ang Diyos, gayahin ang mga tanda at mga himala na ginawa ng Diyos, at nakagawa na ng mga parehong bagay gaya ng sa Diyos, nagkakamali ka sa paniniwala na hindi natatangi ang Diyos, na maraming Diyos, na ang iba't ibang Diyos na ito ay mayroon lamang mas matindi o mas maliit na kakayahan, at mayroong mga pagkakaiba sa lawak ng kapangyarihan na kanilang hawak. Pinagsusunod-sunod mo ang kanilang kadakilaan ayon sa kanilang pagdating at ayon sa kanilang edad, at nagkakamali ka sa paniniwala na may iba pang mga diyos bukod sa Diyos, at iniisip na ang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos ay hindi natatangi. Kung mayroon kang gayong mga ideya, kung hindi mo kinikilala ang pagiging natatangi ng Diyos, kung hindi ka naniniwala na tanging ang Diyos ang nagtataglay ng awtoridad, at kung sumusunod ka lamang sa politeismo, kung gayon sinasabi Ko na ikaw ang dumi ng mga nilalang, ikaw ang tunay na pagsasakatawan ni Satanas, at lubos na ikaw ay masamang tao! Naiintindihan ba ninyo kung ano ang sinusubukan Kong ituro sa inyo sa pamamagitan ng pagsasabi ng mga salitang ito? Kahit ano pa ang panahon, lugar, o iyong pinagmulan, hindi ka dapat malito sa pagitan ng Diyos at ng anumang iba pang tao, bagay, o layon. Kung sa pakiramdam mo man ay hindi kayang makilala at hindi malapitan ang awtoridad ng Diyos at ang diwa ng Diyos Mismo, kahit gaano pa umaayon sa iyong kuru-kuro at imahinasyon ang mga gawa at salita ni Satanas, kahit gaano pa nagbibigay-kasiyahan ang mga iyon sa iyo, huwag maging hangal, huwag malito sa mga konseptong ito, huwag itanggi ang pag-iral ng Diyos, huwag itanggi ang pagkakakilanlan at katayuan ng Diyos, huwag itulak ang Diyos sa labas ng pinto at ipasok si Satanas para palitan ang Diyos sa loob ng iyong puso at gawing Diyos mo. Wala Akong alinlangan na kaya ninyong isipin ang mga kalalabasan ng paggawa nito!

Bagama't ang Sangkatauhan ay Nagawa nang Tiwali, Nabubuhay pa rin Ito sa Ilalim ng Kataas-taasang Kapangyarihan ng Awtoridad ng Lumikha

Libu-libong taon nang ginawang tiwali ni Satanas ang sangkatauhan. Nakagawa na ito ng hindi-masabing dami ng kasamaan, nakapanlinlang na ng sunud-sunod na henerasyon, at nakagawa na ng mga karumal-dumal na krimen sa mundo. Naabuso na nito ang tao, nalinlang ang tao, naakit ang tao na salungatin ang Diyos, at nakagawa na ng masasamang pagkilos na nakalito at paulit-ulit na nagpahina sa plano ng pamamahala ng Diyos. Gayunman, sa ilalim ng awtoridad ng Diyos, ang lahat ng bagay at buhay na nilalang ay patuloy na sumusunod sa mga patakaran at batas na itinalaga ng Diyos. Kumpara sa awtoridad ng Diyos, ang masamang kalikasan at kayabangan ni Satanas ay napakapangit, sobrang nakakadiri at kasuklam-suklam, at napakaliit at napakahina. Kahit na naglalakad si Satanas sa gitna ng lahat ng bagay na nilikha ng Diyos, hindi nito kayang gumawa ng katiting na pagbabago sa mga tao, bagay, at layon na iniutos ng Diyos. Nakalipas na ang ilang libong taon, at tinatamasa pa rin ng sangkatauhan ang liwanag at hangin na ipinagkaloob ng Diyos, hinihinga pa rin ang hininga na inihinga ng Diyos Mismo, tinatamasa pa rin ang mga bulaklak, ibon, isda at mga insektong nilikha ng Diyos, at tinatamasa ang lahat ng bagay na ibinigay ng Diyos; patuloy pa rin ang araw at gabi sa pagpapalitan sa isa't isa; ganoon pa rin ang paghahalinhinan ng apat na panahon; ang lumilipad na gansa sa papawirin ay umaalis sa taglamig, at bumabalik pa rin sa susunod na tagsibol; ang mga isda sa tubig ay hindi kailanman umaalis sa mga ilog at lawa—na kanilang tahanan; ang mga sikada sa lupa ay malakas na kumakanta sa mga araw ng tag-init; ang mga kuliglig sa mga damo ay marahang humuhuni nang sabay sa hangin sa panahon ng taglagas; ang mga gansa ay nagsasama-sama sa kawan, habang nananatiling mag-isa ang mga agila; tinutustusan ng mga grupo ng leon ang kanilang sarili sa pamamagitan ng pangangaso; hindi lumalayo ang usa sa damo at mga bulaklak.... Ang bawat uri ng buhay na nilalang sa gitna ng lahat ng bagay ay umaalis at bumabalik, at muling umaalis pagkatapos, milyun-milyong pagbabago ang nangyayari sa isang kisap-mata—ngunit ang hindi nagbabago ay ang kanilang mga likas na gawi at ang mga batas ng pananatiling buhay. Nabubuhay sila sa ilalim ng panustos at pagpapakain ng Diyos, at walang sinuman ang makakapagbago ng kanilang mga likas na gawi, at walang sinuman ang makakasira sa kanilang mga patakaran ng pananatiling buhay. Bagama't ang sangkatauhan, na namumuhay sa gitna ng lahat ng bagay, ay nagawa nang tiwali at nalinlang ni Satanas, hindi pa rin maaaring mawala sa tao ang tubig na ginawa ng Diyos, at ang hangin na ginawa ng Diyos, at ang lahat ng bagay na ginawa ng Diyos, at namumuhay pa rin at dumadami ang tao sa espasyong ito na ginawa ng Diyos. Ang likas na gawi ng sangkatauhan ay hindi nagbago. Nakadepende pa rin ang tao sa kanyang mga mata para makakita, sa kanyang mga tainga para makarinig, sa kanyang utak para makapag-isip, sa kanyang puso para makaunawa, sa kanyang mga binti at paa para maglakad, sa kanyang mga kamay para

magtrabaho, at iba pa; ang lahat ng likas na gawi na ipinagkaloob ng Diyos sa tao para matanggap niya ang mga panustos ng Diyos ay nananatiling hindi nagbabago, ang mga kakayahan na ginagamit ng tao para makipagtulungan sa Diyos ay hindi nagbago, ang kakayahan ng sangkatauhan para gumanap ng tungkulin bilang isang nilikhang katauhan ay hindi nagbago, ang mga pangangailangang espirituwal ng sangkatauhan ay hindi nagbago, ang pagnanais ng tao para mahanap ang kanyang mga pinagmulan ay hindi nagbago, ang paghahangad ng sangkatauhan na mailigtas ng Lumikha ay hindi nagbago. Ganyan ang kasalukuyang mga kalagayan ng sangkatauhan, na namumuhay sa ilalim ng awtoridad ng Diyos, at nakapagtiis na ng madugong pagkasira na ginawa ni Satanas. Bagaman ang sangkatauhan ay napasailalim na sa pagpapahirap ni Satanas, at hindi na sina Adan at Eba mula sa simula ng paglikha, ngunit sa halip ay puno ng mga bagay-bagay na laban sa Diyos, tulad ng kaalaman, imahinasyon, kuru-kuro, at iba pa, at puno ng mga tiwali at satanikong disposisyon, sa mga mata ng Diyos, ang sangkatauhan ay ang parehong sangkatauhan pa rin na Kanyang nilikha. Ang sangkatauhan ay pinaghaharian at isinasaayos pa rin ng Diyos, at namumuhay pa rin sa loob ng landas na pinangangasiwaan ng Diyos, at kaya sa mga mata ng Diyos, ang sangkatauhan, na ginawa nang tiwali ni Satanas, ay nababalot lamang ng dumi, may kumakalam na sikmura, may kaunting kabagalan ang reaksiyon, may memorya na hindi na kasingtalas ng dati, at medyo may katandaan na—ngunit ang lahat ng paggana at likas na gawi ng tao ay lubos na hindi nasira. Ito ang sangkatauhan na hinahangad ng Diyos na iligtas. Kailangan lamang marinig ng sangkatauhang ito ang tawag ng Lumikha, at marinig ang tinig ng Lumikha, at tatayo siya at magmamadaling hanapin ang pinagmumulan ng tinig na ito. Kailangan lamang makita ng sangkatauhang ito ang anyo ng Lumikha at siya ay mawawalan na ng pakialam sa lahat ng iba pa, at tatalikuran ang lahat, para ilaan ang kanyang sarili sa Diyos, at ibubuwis pa nga ang kanyang buhay para sa Kanya. Kapag naintindihan ng puso ng sangkatauhan ang taos-pusong mga salita ng Lumikha, tatanggihan ng sangkatauhan si Satanas at lalapit sa tabi ng Lumikha; kapag lubos nang nahugasan ng sangkatauhan ang dumi mula sa kanyang katawan, at muling natanggap ang panustos at pagpapakain ng Lumikha, kung gayon ay mapanunumbalik ang alaala ng sangkatauhan, at sa pagkakataong ito ang sangkatauhan ay tunay nang magbabalik sa pamamahala ng Lumikha.

Disyembre 14, 2013

Ang Diyos Mismo, ang Natatangi II

Ang Matuwid na Disposisyon ng Diyos

Ngayong narinig na ninyo ang nakaraang pagbabahagi tungkol sa awtoridad ng Diyos, nakatitiyak Ako na nagtataglay na kayo ng sapat na mga salita tungkol sa bagay na ito. Ang lahat ng inyong kayang matanggap, mapanghawakan, at maunawaan ay batay sa pagsisikap na ibubuhos ninyo rito. Umaasa Ako na buong sikap ninyong haharapin ang bagay na ito; hindi ninyo ito dapat tinatalakay nang hindi buo ang inyong puso! Ngayon, ang pagkilala ba sa awtoridad ng Diyos ay katumbas ng pagkilala sa kabuuan ng Diyos? Maaaring sabihin ng isang tao na ang pagkakakilala sa awtoridad ng Diyos ay ang simula ng pagkakakilala sa Diyos Mismo, ang natatangi, at maaari ring sabihin ng isang tao na ang pagkakakilala sa awtoridad ng Diyos ay nangangahulugang nakalagpas na ang isang tao sa pintuan ng pagkakakilala sa diwa ng Diyos Mismo, ang natatangi. Ang pagkaunawang ito ay isang bahagi ng pagkakakilala sa Diyos. Ano ang kabilang bahagi, kung gayon? Ito ang paksa na nais Kong ibahagi ngayon—ang matuwid na disposisyon ng Diyos.

Pumili Ako ng dalawang bahagi mula sa Bibliya para sa pagbabahagi tungkol sa paksa ngayon: Ang una ay tungkol sa pagwasak ng Diyos sa Sodoma, na matatagpuan sa Genesis 19:1–11 at sa Genesis 19:24–25; ang pangalawa ay tungkol sa pagliligtas ng Diyos sa Ninive, na matatagpuan sa Jonas 1:1–2, bilang karagdagan sa pangatlo at pang-apat na mga kabanata sa aklat ding ito. Ipinalalagay Ko na naghihintay na kayong lahat na marinig ang Aking sasabihin tungkol sa dalawang bahaging ito. Natural lamang na ang Aking sasabihin ay hindi dapat lumabas sa saklaw ng pagkakakilala sa Diyos Mismo at pagkakakilala sa Kanyang diwa, ngunit ano ang pagtutuunan ng pagbabahagi ngayon? May nakakaalam ba sa inyo? Aling mga bahagi ng Aking pagbabahagi tungkol sa awtoridad ng Diyos ang nakapukaw ng inyong pansin? Bakit Ko sinabi na ang Siyang tanging nagtataglay ng ganitong awtoridad at kapangyarihan ay ang Diyos Mismo? Ano ang ninais Kong ipaliwanag sa pagsasabi nito? Ano ang ninais Kong matutunan ninyo mula rito? Ang awtoridad at kapangyarihan ba ng Diyos ay isang bahagi kung paano ipinahahayag ang Kanyang diwa? Bahagi ba ang mga ito ng Kanyang diwa, na nagpapatunay ng Kanyang pagkakakilanlan at katayuan? Mula sa mga katanungang ito, natutukoy ba ninyo ang nais Kong sabihin? Ano ang nais Kong maunawaan ninyo? Pag-isipan ito nang mabuti.

Dahil sa Mapagmatigas na Paglaban sa Diyos, ang Tao ay Winasak ng Poot ng Diyos

Una, tingnan natin ang ilang sipi sa kasulatan na naglalarawan sa pagwasak ng Diyos sa Sodoma.

Genesis 19:1–11 At nagsidating ang dalawang anghel sa Sodoma, nang nagtatakip silim; at si Lot ay nakaupo sa pintuang-bayan ng Sodoma: at sila'y nakita ni Lot, at tumindig siya

upang salubungin sila; at iniyukod ang mukha paharap sa lupa; At sinabi niya, “Ngayon nga mga panginoon ko, ipinamamanhik ko sa inyo na kayo’y magsipasok sa bahay ng inyong lingkod, at kayo’y manatili sa buong magdamag, at maghugas ng inyong mga paa, at magsipagbangon kayo nang madaling-araw at magpatuloy sa inyong lakad.” At kanilang sinabi, “Hindi; sa lansangan na lamang kami mananahan sa buong magdamag.” At kanyang pinakapilit sila; at sila’y nagsipayag, at nagsipasok sa kanyang bahay; at sila’y kanyang ipinaghanda ng piging, at ipinagluto ng mga tinapay na walang lebadura, at nagsikain. Datapuwat bago sila nagsihiga, ang bahay ay pinalibutan ng mga tao sa bayan, maging ng mga tao sa Sodoma, kapwa bata at matanda, at lahat ng tao sa buong palibot: At kanilang tinawagan si Lot, at sinabi sa kanya, “Saan naroon ang mga lalaking dumating sa iyo ng gabing ito? Ilabas mo sila sa amin upang kilalanin namin sila.” At nilabas sila ni Lot sa pintuan, at isinara ang pinto sa likuran niya. At sinabi niya, “Ipinamamanhik ko sa inyo, mga kapatid ko, na huwag kayong gumawa ng ganyang kasamaan. Narito, ngayon, may dalawa akong anak na babae, na hindi nakakilala ng lalake; ipinamamanhik ko sa inyo, na sila’y aking ilalabas sa inyo, at gawin ninyo sa kanila ang mabuti sa inyong paningin: huwag lamang ninyong gawan ng anuman ang mga lalaking ito; yamang sila’y nasa silong ng aking bubungan.” At sinabi nila, “Umurong ka!” At sinabi pa nila, “Ang taong ito’y naparito upang makipamayan, at ibig niyang maging hukom: ngayon nga’y gagawan ka namin ng lalong masama kaysa kanila.” At kanilang ipinagtulakan ang lalaking si Lot, at nagsilapit upang sirain ang pintuan. Datapuwat iniunat ng mga lalake ang kanilang kamay at binatak si Lot sa loob ng bahay at kanilang sinarhan ang pintuan. At ang mga taong nangasa pintuan ng bahay ay mga pinagbulag nila, ang munti’t malaki: ano pa’t sila’y nangayamot sa paghahanap ng pintuan.

Genesis 19:24–25 Nang magkagayo’y nagpaulan si Jehova sa Sodoma at Gomorra ng asupre at apoy mula kay Jehova na buhat sa langit; at ginunaw Niya ang mga bayang yaon, at ang buong kapatagan at ang lahat ng nananahan sa mga bayang yaon, at ang tumutubo sa lupang yaon.

Mula sa mga siping ito, hindi mahirap makita na ang kasamaan at katiwalian ng Sodoma ay umabot na sa antas na kamuhi-muhi kapwa sa tao at sa Diyos, at na sa mga mata ng Diyos, nararapat lamang na wasakin ang lungsod. Ngunit ano ang nangyari sa loob ng lungsod, bago ito nawasak? Anong inspirasyon ang maaaring makuha ng mga tao mula sa mga pangyayaring ito? Anong tungkol sa disposisyon ng Diyos ang ipinapakita sa mga tao ng Kanyang saloobin sa mga pangyayaring ito? Upang maunawaan ang buong kuwento, basahin nating mabuti ang nakatala sa Kasulatan ...

Katiwalian ng Sodoma: Ikinagagalit ng Tao, Ikinapopoot ng Diyos

Nang gabing iyon, tinanggap ni Lot ang dalawang sugo mula sa Diyos at ipinaghanda sila ng maraming makakain. Pagkatapos maghapunan, bago sila mahiga, pinalibutan ng mga tao mula sa buong lungsod ang tirahan ni Lot at tinawag nang pasigaw si Lot. Nakatala sa Kasulatan na sinabi nilang, “Saan naroon ang mga lalaking dumating sa iyo ng gabing ito? Ilabas mo sila sa amin upang kilalanin namin sila.” Sino ang nagsabi ng

mga salitang ito? Kanino nila sinabi ang mga ito? Ito ang sinabi ng mga mamamayan ng Sodoma, na isinigaw sa labas ng bahay ni Lot, upang marinig ni Lot. Ano kaya ang pakiramdam kapag naririnig ang ganitong mga salita? Nagagalit ka ba? Nakasusuya ba ang mga salitang ito para sa iyo? Nag-iinit ba ang dugo mo sa poot? Hindi ba umaalingasaw si Satanas sa mga salitang ito? Sa pamamagitan ng mga ito, nararamdaman mo ba ang kasamaan at kadiliman sa lungsod na ito? Sa kanilang mga salita, nararamdaman mo ba ang kalupitan at kabangisan sa pag-uugali ng mga taong ito? Nararamdaman mo ba sa kanilang ikinikilos ang lalim ng kanilang katiwalian? Sa pamamagitan ng nilalaman ng kanilang pananalita, hindi mahirap makita na ang kanilang masamang kalikasan at malupit na disposisyon ay nakaabot na sa antas na wala na sa kanilang kontrol. Maliban kay Lot, lahat ng tao sa lungsod na ito ay walang pinagkaiba kay Satanas; ang makita lamang ang isa pang tao ay nag-uudyok na sa kanila na saktan at lipulin ito.... Hindi lamang ipinararamdam ng mga bagay na ito sa isang tao ang malagim at nakakikilabot na kalikasan ng lungsod, at pati na rin ang anino ng kamatayan sa paligid nito, ipinadarama rin ng mga ito sa isang tao ang kasamaan at kalupitan nito.

Nang matagpuan niya ang kanyang sarili na kaharap ang isang grupo ng mga walang awang masasamang-loob, mga taong punong-puno ng mabangis na pagnanasang lipulin ang mga kaluluwa ng tao, paano tumugon si Lot? Ayon sa Kasulatan: “Ipinamamanhik ko sa inyo, huwag kayong gumawa ng ganyang kasamaan. Narito, ngayon, may dalawa akong anak na babae, na hindi nakakilala ng lalake; ipinamamanhik ko sa inyo, na sila’y aking ilalabas sa inyo, at gawin ninyo sa kanila ang mabuti sa inyong paningin: huwag lamang ninyong gawan ng anuman ang mga lalaking ito; yamang sila’y nasa silong ng aking bubungan.” Ito ang ibig sabihin ni Lot sa kanyang mga salitang binitiwang: Handa siyang ibigay ang kanyang dalawang anak na babae sa mga tao upang pangalagaan ang mga sugo. Batay sa anumang makatwirang kalkulasyon, dapat sana’y pumayag na ang mga taong ito sa mga kundisyon ni Lot at nilubayan na ang dalawang sugo, lalo pa nga’t hindi naman nila kilala ang mga ito, mga taong walang kinalaman sa kanila at hindi kailanman nakasira ng kanilang interes. Ngunit dahil sa udyok ng kanilang masamang kalikasan, hindi nila nilubayan ang bagay na ito. Sa halip, mas nagpunyagi pa sila. Dito, ang isa pa sa kanilang mga pagpapalitan ay tiyak na higit na makapagbibigay-linaw sa mga tao tungkol sa tunay at malupit na kalikasan ng mga taong ito, habang tinutulutan din nito ang mga tao na maunawaan at maintindihan ang dahilan kung bakit ninais ng Diyos na wasakin ang lungsod na ito.

Kaya ano ang sumunod nilang sinabi? Ang sabi sa Bibliya: “‘Umurong ka!’ At sinabi pa nila, ‘Ang taong ito’y naparito upang makipamayan, at ibig niyang maging hukom: ngayon nga’y gagawan ka namin ng lalong masama kaysa kanila.’ At kanilang ipinagtulakan ang lalaking si Lot, at nagsilapit upang sirain ang pintuan.” Bakit ninais nilang sirain ang pinto ni Lot? Ang dahilan ay nasasabik na silang saktan ang dalawang sugong iyon. Ano ang nagdala sa mga sugong ito sa Sodoma? Ang layunin nila sa pagpunta roon ay sagipin si Lot at ang kanyang pamilya, ngunit nagkamali ang mga

taga-lungsod sa pag-aakalang dumating ang mga ito upang gumanap ng mga opisyal na tungkulin. Nang hindi tinatanong ang pakay ng mga sugo, ibinatay ng mga tao ang kanilang pagnanasang pagmalupitan ang dalawang sugong ito sa haka-haka lamang; ninais nilang saktan ang dalawang tao na wala namang kinalaman sa kanila. Maliwanag na nawala na nang lubusan ng mga mamamayan ng lungsod na ito ang kanilang pagkatao at katwiran. Ang antas ng kanilang kabaliwan at kabangisan ay wala nang ipinagkaiba sa malupit na kalikasan ni Satanas na nananakit at lumilipol sa mga tao.

Nang igiit nila kay Lot na ibigay ang mga taong ito, ano ang ginawa ni Lot? Mula sa mga teksto, alam nating hindi sila ibinigay ni Lot. Kilala ba ni Lot ang dalawang sugong ito ng Diyos? Siyempre hindi! Ngunit bakit niya nagawang iligtas ang dalawang taong ito? Alam ba niya kung ano ang kanilang gagawin sa kanilang pagdating? Bagama't hindi niya alam ang dahilan ng kanilang pagdating, alam niya na sila ay mga lingkod ng Diyos, kaya tinanggap niya sila sa kanyang tahanan. Ang kanyang pagtawag sa mga lingkod ng Diyos gamit ang titulong “panginoon” ay nagpapakita na si Lot ay isa talagang tagasunod ng Diyos, hindi katulad ng ibang mga mamamayan ng Sodoma. Samakatuwid, nang dumating sa kanya ang mga sugo ng Diyos, inilagay niya sa panganib ang kanyang sariling buhay upang tanggapin ang dalawang lingkod na ito sa kanyang bahay; at bilang karagdagan, inialok din niya ang kanyang dalawang anak na babae bilang kapalit upang pangalagaan ang dalawang lingkod na ito. Ito ang matuwid na gawa ni Lot; isa itong konkreong pagpapahayag ng kalikasan at diwa ni Lot, at ito rin ang dahilan kung kaya't isinugo ng Diyos ang Kanyang mga lingkod upang iligtas si Lot. Nang maharap sa panganib, iningatan ni Lot ang dalawang lingkod na ito nang walang pagsasaalang-alang sa anupaman; tinangka pa niyang ipagpalit ang kanyang dalawang anak na babae para sa kaligtasan ng mga lingkod. Bukod kay Lot, mayroon pa kayang ibang tao sa lungsod na gagawa ng ganito? Tulad ng pinatunayan ng mga pangyayari—wala na! Samakatuwid, hindi na kailangang sabihin pa na ang bawat isa sa loob ng Sodoma, maliban kay Lot, ay puntirya ng pagkawasak at tama naman—dapat lang sa kanila iyon.

Lubusang Winasak ang Sodoma Dahil sa Pagkakapuno sa Poot ng Diyos

Nang makita ng mga taga-Sodoma ang dalawang lingkod na ito, hindi nila itinanong kung ano ang kanilang dahilan sa pagdating, ni may isa man lang na nagtanong kung dumating ba sila upang ipalaganap ang kalooban ng Diyos. Bagkus, bumuo sila ng isang malaking pangkat ng mga tao at, dumating sila para dakpin ang dalawang lingkod na ito na gaya ng mga asong gubat o mababangis na mga lobo nang walang anumang paliwanag. Pinagmasdan ba ng Diyos ang mga bagay na ito habang nangyayari? Ano kaya ang iniisip ng Diyos sa Kanyang puso tungkol sa ganitong uri ng pag-uugali ng tao, sa ganitong klase ng pangyayari? Nagpasya ang Diyos na wasakin ang lungsod na ito; hindi na Siya mag-aatubili o maghihintay, ni magpapakita pa ng pasensya. Dumating na ang Kanyang araw, at kaya naman sinimulan na Niya ang gawaing ninais Niyang gawin. Sa gayon, ang sinasabi sa Genesis 19:24–25, “Nang magkagayo’y nagpaulan si

Jehova sa Sodoma at Gomorra ng asupre at apoy mula kay Jehova na buhat sa langit; at ginunaw Niya ang mga bayang yaon, at ang buong kapatagan at ang lahat ng nananahan sa mga bayang yaon, at ang tumutubo sa lupang yaon.” Sinasabi ng dalawang bersikulong ito ang paraan kung paano winasak ng Diyos ang lungsod na ito pati na rin kung ano ang winasak ng Diyos. Una, isinasalaysay ng Bibliya na sinunog ng Diyos ang lungsod sa pamamagitan ng apoy, at ang lawak ng apoy na ito ay sapat na upang malipol ang lahat ng tao at lahat ng nabubuhay sa lupa. Ibig sabihin, hindi lamang winasak ng apoy na nagmula sa langit ang lungsod; winasak din nito ang lahat ng tao at lahat ng nabubuhay na bagay sa loob nito, hanggang sa wala nang natira ni isang bakas. Pagkatapos mawasak ang lungsod, naiwan ang lupang walang anumang bagay na nabubuhay. Wala nang buhay, ni anumang palatandaan nito. Ang lungsod ay naging kaparangan, isang lugar na walang laman na napupuno ng nakabibinging katahimikan. Wala nang magagawang anumang masasamang gawa laban sa Diyos sa lugar na ito, wala nang patayan o pagdanak ng dugo.

Bakit ninais ng Diyos na sunugin ang lungsod na ito nang lubusan? Ano ang nakikita ninyo rito? Matitiis bang panoorin ng Diyos ang sangkatauhan at ang kalikasan, na Kanyang mga sariling nilikha, na mawasak nang ganito? Kung maunawaan mo ang galit ng Diyos na si Jehova mula sa apoy na pinaulan mula sa langit, hindi mahirap makita kung gaano katindi ang Kanyang poot, mula sa layon ng Kanyang pagwasak at sa tindi ng pagkawasak ng lungsod na ito. Kapag kinamumuhian ng Diyos ang isang lungsod, ibibigay Niya rito ang Kanyang kaparusahan. Kapag nasusuklam ang Diyos sa isang lungsod, padadalhan Niya ito ng paulit-ulit na babala upang ipabatid sa mga tao ang Kanyang galit. Ngunit kapag nagpasya ang Diyos na wakasan na at wasakin ang isang lungsod—iyon ay kapag napuno na ang Kanyang poot at pagiging maharlika—hindi na Siya magbibigay pa ng anumang mga kaparusahan o mga babala. Sa halip, tuluyan na Niya itong wawasakin. Lubusan na Niya itong paglalahuin. Ito ang matuwid na disposisyon ng Diyos.

Matapos ang Paulit-ulit na Pagsalungat at Paglaban ng Sodoma sa Kanya, Nilipol na ito ng Diyos nang Lubusan

Ngayong mayroon na tayong pangkalahatang pagkaunawa sa matuwid na disposisyon ng Diyos, maibabalik natin ang ating pansin sa lungsod ng Sodoma—isang lugar na nakita ng Diyos bilang isang lungsod ng kasalanan. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa diwa ng lungsod na ito, maiintindihan natin kung bakit ninais ng Diyos na wasakin ito at kung bakit winasak Niya ito nang lubusan. Mula rito, maaari na nating malaman ang matuwid na disposisyon ng Diyos.

Mula sa pantaong pananaw, ang Sodoma ay isang lungsod na pinagbibigyang lubos ang nasa at kasamaan ng tao. Nakatutukso at nakabibighani, na may kasamang tugtugan at sayawan gabi-gabi, ang kasaganaan nito ang nanghalina at nagpahibang sa mga tao. Kinain ng kasamaan nito ang puso ng mga tao at inakit sila sa pagkabulok.

Ito ang lungsod kung saan ang marurumi at masasamang espiritu ay naghuhuramentado; punong-puno ito ng kasalanan at pagpatay at umaalingasaw ang amoy ng dugo at pagkabulok dito. Isa itong lungsod na nakapangingilabot, isang lungsod na lalayuan ng isang tao sa takot. Wala ni isa sa lungsod na ito—mapalalaki man o babae, bata man o matanda—ang naghanap ng tunay na daan; walang naghangad sa liwanag o nag-asam na lumayo sa kasalanan. Namuhay sila sa ilalim ng kontrol ni Satanas, sa ilalim ng kanyang katiwalian at panlilinlang. Nawala nila ang kanilang pagiging tao; nawala nila ang kanilang katinuan, at nawala nila ang orihinal na layunin ng tao sa pag-iral. Nakagawa sila ng hindi mabilang na masasamang gawa ng paglaban sa Diyos; tinanggihan nila ang Kanyang paggabay at sinalungat ang Kanyang kalooban. Ang kanilang masasamang gawa ang unti-unting nagtulak sa mga taong ito, sa buong lungsod at sa bawat nabubuhay rito, sa landas ng pagkawasak.

Bagaman hindi nakatala sa dalawang siping ito ang mga detalye tungkol sa lawak ng katiwalian ng mga mamamayan ng Sodoma, at sa halip ay itinala ang kanilang pakikitungo sa dalawang lingkod ng Diyos matapos ng pagdating ng mga ito sa lungsod, may isang simpleng katunayan na nagbubunyag ng lawak ng pagkatiwali, kasamaan at paglaban sa Diyos ng mga taga-Sodoma. Dahil dito, ang tunay na mukha at diwa ng mga mamamayan ng lungsod ay nalantad din. Hindi lamang tumanggi ang mga taong ito na tanggapin ang mga babala ng Diyos, hindi rin sila natakot sa Kanyang kaparusahan. Sa kabaligtaran, hinamak nila ang galit ng Diyos. Walang taros na nilabanan nila ang Diyos. Anuman ang gawin Niya o kung paano man Niya iyon ginawa, lalo lamang lumala ang kanilang masamang kalikasan, at paulit-ulit nilang nilabanan ang Diyos. Ang mga taga-Sodoma ay galit sa pag-iral ng Diyos, sa Kanyang pagdating, sa Kanyang kaparusahan, at lalo na sa Kanyang mga babala. Masyado silang naging mapagmataas. Sinisila at pinipinsala nila ang lahat ng taong maaaring silain at pinsalain, at gayundin ang kanilang naging pagtrato sa mga lingkod ng Diyos. Tungkol naman sa lahat ng masasamang gawa na ginawa ng mga taga-Sodoma, ang pagpinsala sa mga lingkod ng Diyos ay maliit na bahagi lamang, at ang kanilang masamang kalikasan na nabunyag nito ay katumbas lamang ng isang maliit na patak sa malawak na dagat. Samakatuwid, pinili ng Diyos na wasakin sila sa pamamagitan ng apoy. Hindi gumamit ang Diyos ng baha, ni hindi Siya gumamit ng bagyo, lindol, tsunami, o iba pang paraan upang wasakin ang lungsod. Ano ang ipinahihiwatig ng paggamit ng Diyos ng apoy upang wasakin ang lungsod na ito? Ang ibig sabihin nito ay ang ganap na pagkawasak ng lungsod; ang ibig sabihin nito ay ganap na naglaho ang lungsod sa ibabaw ng lupa at mula sa pag-iral nito. Dito, ang “pagkawasak” ay hindi lamang tumutukoy sa paglalaho ng porma at istruktura o panlabas na anyo ng lungsod; nangangahulugan din ito na ang mga kaluluwa ng mga taong nasa loob ng lungsod ay tumigil sa pag-iral, at lubos nang nalipol. Sa madaling sabi, lahat ng tao, mga pangyayari at mga bagay na nakaugnay sa lungsod ay nawasak na. Wala nang kasunod na buhay o reinkarnasyon para sa kanila; nilipol na sila ng Diyos mula sa sangkatauhan ng Kanyang nilikha, magpakailanman.

Ang paggamit ng apoy ay nagpapahiwatig ng wakas ng kasalanan sa lugar na ito, at na nasugpo na ang kasalanan doon; titigil na sa pag-iral at pagkalat ang kasalanang ito. Nangangahulugan ito na ang kasamaan ni Satanas ay nawalan na ng mataba nitong lupa gayundin ng libingan na nagkaloob dito ng lugar na mapamamalagian at mapananahanan. Sa digmaan sa pagitan ng Diyos at ni Satanas, ang paggamit ng Diyos ng apoy ay ang tatak ng Kanyang tagumpay kung saan namarkahan si Satanas. Ginawang tiwali at sinila ni Satanas ang mga tao para sa kanyang mithiin na kalabanin ang Diyos. Ang pagkawasak ng Sodoma ay isang malaking balakid sa mithiing ito. Isa rin itong nakahihiyang tanda ng panahon sa pag-unlad ng sangkatauhan nang tanggihan ng tao ang patnubay ng Diyos at pinabayaan ang sarili niya sa bisyo. Bukod pa rito, isa itong talaan ng tunay na pahayag ng matuwid na disposisyon ng Diyos.

Nang tinupok ng apoy na ipinadala ng Diyos mula sa langit ang Sodoma hanggang sa maging abo na lamang ito, nangahulugan ito na ang lungsod na tinatawag na “Sodoma” ay tumigil na sa pag-iral, gayundin ang lahat ng naroon sa loob ng lungsod. Winasak ito ng galit ng Diyos; naglaho ito sa poot at pagiging maharlika ng Diyos. Dahil sa matuwid na disposisyon ng Diyos, tinanggap ng Sodoma ang makatarungang kaparusahan at makatwirang katapusan nito. Ang katapusan ng pag-iral ng Sodoma ay dahil sa kasamaan nito, at dahil din ito sa pagnanais ng Diyos na hindi na kailanman muling makita ang lungsod na ito, maging ang mga taong nabuhay rito o anumang may buhay na nabuhay sa loob ng lungsod. Ang “pagnanais ng Diyos na hindi na kailanman muling makita ang lungsod na ito” ay dahil sa Kanyang poot, gayundin sa Kanyang pagiging maharlika. Sinunog ng Diyos ang lungsod dahil ang kasamaan at kasalanan nito ay nakapagpagalit, nakapagpasuya at nakapagpasuklam sa Kanya rito; dahil din sa mga ito, ninais Niya na hindi na muling makita pa ito o maging ang sinuman sa mga tao o bagay na nabubuhay sa loob nito kahit kailan. Nang matupok ng apoy ang lungsod at mga abo na lamang ang naiwan, tumigil na nga ito sa pag-iral sa mga mata ng Diyos; maging ang alaala Niya nito ay nawala, nabura. Nangangahulugan ito na ang winasak ng ipinadalang apoy mula sa langit ay hindi lamang ang buong lungsod ng Sodoma, o ang mga tao sa loob nito na napupuno ng kasalanan lamang, ni hindi rin ang lahat ng bagay sa loob ng lungsod na nabahiran ng kasalanan; higit pa sa mga bagay na ito, winasak ng apoy na ito ang mga alaala ng kasamaan at paglaban sa Diyos ng sangkatauhan. Ito ang layunin ng Diyos sa pagsunog sa buong lungsod.

Ang sangkatauhan ay naging tiwali nang sukdulan. Hindi nila kilala kung sino ang Diyos o kung saan sila mismo nagmula. Kapag binanggit mo ang Diyos sa kanila, sila ay mang-aatake, maninirang puri, at manlalapastangan. Kahit na dumating ang mga lingkod ng Diyos upang ipalaganap ang Kanyang babala, hindi lamang nagpakita ng kawalan ng mga tanda ng pagsisisi ang mga tiwaling taong ito at hindi iniwan ang kanilang masamang asal, bagkus, walang pakundangan nilang sinaktan ang mga lingkod ng Diyos. Ang kanilang ipinahayag at ibinunyag ay ang kanilang kalikasan at diwa ng masidhing pagkapoot sa Diyos. Makikita natin na ang paglaban ng mga tiwaling taong

ito sa Diyos ay higit pa sa isang pagbubunyag ng kanilang tiwaling disposisyon, gaya ng pagiging higit pa nito sa isang pagkakataon ng paninirang-puri o panunuya na umusbong lamang mula sa kakulangan ng pag-unawa sa katotohanan. Hindi ang kahangalan ni kamangmangan ang nagdulot ng kanilang masamang pag-uugali; hindi ito dahil sa sila ay nalinlang, at tiyak na hindi ito dahil sa sila ay napaniwala sa mali. Ang kanilang pag-uugali ay nakaabot na sa antas ng pagkagarapal at walang pakundangang paglaban, pagsalungat at pagtutol sa Diyos. Walang dudang ang ganitong uri ng pag-uugali ng tao ay makapagpapagalit sa Diyos, at makapagpapagalit sa Kanyang disposisyon—isang disposisyon na hindi dapat malabag. Samakatuwid, tuwiran at lantarang pinakawalan ng Diyos ang Kanyang poot at ang Kanyang pagiging maharlika; isa itong tunay na paghahayag ng Kanyang matuwid na disposisyon. Nahaharap sa isang lungsod na nag-uumapaw sa kasalanan, naghangad ang Diyos na wasakin ito sa pinakamabilis na paraang maaari, upang lipulin ang mga mamamayan sa loob nito at ang lahat ng kanilang mga kasalanan sa pinakaganap na paraan, upang mapatigil sa pag-iral ang mga mamamayan ng lungsod na ito at upang mapigilang lumaganap ang kasalanan sa lugar na ito. Ang pinakamabilis at pinakaganap na paraan ng pagsasagawa nito ay ang tupukin ito ng apoy. Ang ginawa ng Diyos sa mga taga-Sodoma ay hindi pagpapabaya o pagsasawalang-bahala; sa halip, ginamit Niya ang Kanyang poot, pagiging maharlika at awtoridad upang parusahan, pabagsakin at lubos na wasakin ang mga taong ito. Ang Kanyang naging pagtrato sa kanila ay hindi lamang pisikal na pagwasak kundi pagwasak din ng kaluluwa, isang walang hanggang pagkapuksa. Ito ang tunay na ipinahihiwatig ng pakahulugan ng Diyos sa “tumigil sa pag-iral.”

Bagaman Nakatago at Nakalihim ang Poot ng Diyos sa Tao, Hindi Nito Kinukunsinti ang Pagkakasala

Ang pakikitungo ng Diyos sa kabuuan ng sangkatauhan, hangal at mangmang man ito, ay pangunahing nakabatay sa awa at pagpapaubaya. Sa kabilang banda, ang Kanyang poot ay nakatago sa mas nakararaming pagkakataon at sa mas nakararaming pangyayari, at hindi ito nalalaman ng tao. Bilang resulta, mahirap para sa tao na makitang inilalabas ng Diyos ang Kanyang poot, at mahirap ding maunawaan ang Kanyang poot. Dahil dito, minamaliit ng tao ang poot ng Diyos. Kapag humaharap na ang tao sa huling gawain at hakbang ng pagpapaubaya at pagpapatawad sa tao ng Diyos—iyan ay kapag ang huling pagkakataon para sa awa ng Diyos at ang huling babala Niya ay dumapo sa sangkatauhan—kung gagamitin pa rin ng mga tao ang parehong mga paraan upang salungatin ang Diyos at hindi gumawa ng kahit anong pagsisikap upang magsisi, ayusin ang kanilang mga pag-uugali at tanggapin ang Kanyang awa, hindi na ipagkakaloob ng Diyos ang Kanyang pagpapaubaya at pasensya sa kanila. Bagkus, babawiin ng Diyos ang Kanyang awa sa panahong ito. Kasunod nito, ipadadala na lamang Niya ang Kanyang poot. Maaari Niyang ipahayag ang Kanyang poot sa iba’t ibang mga paraan, gaya ng kung paanong nakagagamit

Siya ng iba't ibang mga pamamaraan upang parusahan at wasakin ang mga tao.

Ang paggamit ng Diyos ng apoy upang wasakin ang lungsod ng Sodoma ang pinakamabilis Niyang paraan upang lubos na lipulin ang isang sangkatauhan o ano pa mang bagay. Higit pa sa kanilang pisikal na katawan ang winasak ng pagsunog sa mga mamamayan ng Sodoma; winasak nito ang kabuuan ng kanilang mga espiritu, ang kanilang mga kaluluwa at kanilang mga katawan, tinitiyak na ang mga tao sa loob ng lungsod na ito ay titigil sa pag-iral sa kapwa materyal na mundo at mundong hindi nakikita ng tao. Ito ay isang paraan kung paano ibinubunyag ng Diyos at ipinahahayag ang Kanyang poot. Ang ganitong paraan ng pagbubunyag at pagpapahayag ay isang aspeto ng diwa ng poot ng Diyos, kung paano ring ito ay likas na paghahayag ng diwa ng matuwid na disposisyon ng Diyos. Kapag ipinadadala ng Diyos ang Kanyang poot, tumitigil Siya sa paghahayag ng anumang awa o mapagmahal na kabaitan, ni hindi na Siya nagpapakita pa ng Kanyang pagpapaubaya o pasensya; walang tao, bagay o dahilan na makahihimok sa Kanya upang patuloy na maging matiyaga, na muling ibigay ang Kanyang awa, at minsan pang ipagkaloob ang Kanyang pagpaparaya. Kapalit ng mga bagay na ito, walang isa mang sandali ng pag-aalinlangan, ipinadadala ng Diyos ang Kanyang poot at pagiging maharlika, ginagawa kung ano ang Kanyang nais. Isasagawa Niya ang mga bagay na ito sa isang mabilis at malinis na paraan ayon sa Kanyang sariling mga kagustuhan. Ito ang paraan kung paano ipinadadala ng Diyos ang Kanyang poot at pagiging maharlika, na hindi dapat labagin ng tao, at ito ay isa ring pagpapahayag ng isang aspeto ng Kanyang matuwid na disposisyon. Kapag nasasaksihan ng mga tao na nagpapakita ng pag-aalala at pagmamahal ang Diyos sa tao, hindi nila napapansin ang Kanyang poot, nakikita ang Kanyang pagiging maharlika o nadarama ang Kanyang kawalang-paraya sa pagkakasala. Ang mga bagay na ito ang laging nagpapapaniwala sa mga tao na ang matuwid na disposisyon ng Diyos ay yaong awa, pagpapaubaya at pagmamahal lamang. Gayunman, kapag nakita ng isang tao na winasak ng Diyos ang isang lungsod o kinamuhian ang isang sangkatauhan, ang Kanyang matinding galit sa pagkawasak ng tao at ang Kanyang pagiging maharlika ang nagbibigay-daan sa mga tao na masilayan ang kabilang panig ng matuwid Niyang disposisyon. Ito ang hindi pagkunsinti ng Diyos sa pagkakasala. Ang disposisyon ng Diyos na hindi kumukunsinti ng pagkakasala ay lumalampas sa imahinasyon ng anumang nilikhang nilalang, at sa mga di-nilikhang nilalang, walang may kakayahang panghimasukan ito o maapektuhan ito; at lalong hindi ito kayang gayahin o tularan. Sa gayon, ang aspetong ito ng disposisyon ng Diyos ang siyang dapat na talagang mabatid ng sangkatauhan. Tanging ang Diyos Mismo ang may ganitong uri ng disposisyon, at tanging Diyos Mismo ang nagtataglay ng ganitong uri ng disposisyon. Nagtataglay ang Diyos ng ganitong uri ng matuwid na disposisyon dahil nasusuklam Siya sa kasamaan, kadiliman, pagka-mapanghimagsik at mga masasamang gawa ni Satanas—pagtitiwali at paglamon sa sangkatauhan—sapagkat kinasusuklam Niya ang lahat ng paggawa ng kasalanan bilang paglaban sa Kanya at dahil sa Kanyang banal at walang-dungis

na diwa. Ito ang dahilan kaya hindi Niya hahayaan ang sinumang nilikha o di-nilikhang nilalang na hayagang salungatin o labanan Siya. Kahit ang isang indibidwal na pinagpakitaan Niyang minsan ng awa o Kanyang pinili ay kailangan lamang pukawin ang Kanyang disposisyon at labagin ang Kanyang prinsipyo ng pagpapasensya at pagpaparaya, at pakakawalan Niya at ibubunyag ang Kanyang matuwid na disposisyon na wala kahit katiting mang awa o pag-aalinlangan—isang disposisyon na hindi kinukunsinti ang pagkakasala.

Ang Poot ng Diyos ay Isang Pananggalang Para sa Lahat ng Puwersa ng Katarungan at Lahat ng Positibong Bagay

Sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga halimbawang ito ng pananalita, kaisipan at mga kilos ng Diyos, makakaya mo kayang unawain ang matuwid na disposisyon ng Diyos, isang disposisyon na hindi magpapahintulot na malabag ng tao? Sa maikling sabi, gaano man ang kayang unawain ng tao tungkol dito, ito ay isang aspeto ng disposisyon ng Diyos Mismo, at ito ay natatangi sa Kanya. Ang hindi pagkunsinti ng Diyos sa pagkakasala ang Kanyang natatanging diwa; ang poot ng Diyos ang Kanyang natatanging disposisyon; ang pagiging maharlika ng Diyos ang Kanyang natatanging diwa. Ang prinsipyo sa likod ng galit ng Diyos ay ang pagpapakita ng Kanyang pagkakakilanlan at katayuan na Siya lamang ang nagtataglay. Hindi na kailangang sabihin pa na ang prinsipyong ito ay sagisag din ng diwa ng natatanging Diyos Mismo. Ang disposisyon ng Diyos ay ang Kanyang sariling likas na diwa, na hindi nababago ng paglipas ng panahon, o ng mga pagbabago man sa heograpikal na lokasyon. Ang Kanyang likas na disposisyon ay ang Kanyang tunay na diwa. Kanino man Niya isinasakatuparan ang Kanyang ginagawa, hindi nagbabago ang Kanyang diwa at maging ang Kanyang matuwid na disposisyon. Kapag ginagalit ng isang tao ang Diyos, yaong ipinadadala ng Diyos ay ang Kanyang likas na disposisyon; sa pagkakataong ito, ang prinsipyo sa likod ng Kanyang galit ay hindi nagbabago, gayundin ang Kanyang natatanging pagkakakilanlan at katayuan. Hindi Siya unti-unting nagagalit dahil sa isang pagbabago sa Kanyang diwa o dahil ang Kanyang disposisyon ay nagbunga ng iba't ibang mga elemento, kundi dahil ang paglaban ng tao sa Kanya ay lumalabag sa Kanyang disposisyon. Ang lantarang pagpapagalit ng tao sa Diyos ay isang matinding hamon sa sariling pagkakakilanlan at katayuan ng Diyos. Sa pananaw ng Diyos, kapag hinahamon Siya ng tao, kinakalaban Siya ng tao at sinusubok ang Kanyang galit. Kapag sinasalungat ng tao ang Diyos, kapag kinakalaban ng tao ang Diyos, kapag patuloy na sinusubok ng tao ang galit ng Diyos—at sa mga panahong iyon kung kailan laganap ang kasalanan—ang poot ng Diyos ay likas na magpapahayag at magpapakita. Samakatuwid, ang pagpapahayag ng Diyos ng Kanyang poot ay isang simbolo na ang lahat ng puwersa ng kasamaan ay titigil sa pag-iral; isa itong simbolo na ang lahat ng kalabang puwersa ay wawasakin. Ito ang pagiging natatangi ng matuwid na disposisyon ng Diyos at ng Kanyang poot. Kapag hinahamon ang dangal at kabanalan ng Diyos, kapag ang mga makatarungang puwersa

ay hinahadlangan at hindi nakikita ng tao, ipadadala ng Diyos ang Kanyang poot. Dahil sa diwa ng Diyos, lahat ng puwersang iyon sa mundo na kumakalaban sa Diyos, sumasalungat at nakikipagtalo sa Kanya ay masasama, tiwali at hindi makatarungan; ang mga ito ay nagmumula kay Satanas at nabibilang kay Satanas. Dahil makatarungan ang Diyos, at Siya ay liwanag at banal na walang-dungis, lahat ng bagay na masama, tiwali at kay Satanas ay maglalaho kapag pinakawalan na ang poot ng Diyos.

Bagaman ang pagbuhos ng poot ng Diyos ay isang aspeto ng pagpapahayag ng Kanyang matuwid na disposisyon, ang galit ng Diyos ay siguradong hindi padalus-dalos sa pagpili kung sino ang layon nito, ni hindi rin ito walang prinsipyo. Sa kabaligtaran, hindi talaga madaling magalit ang Diyos, at hindi rin Niya ibinubunyag ang Kanyang poot at pagiging maharlika nang gayun-gayon lang. Dagdag pa rito, ang poot ng Diyos ay lubhang kontrolado at sukat; hindi talaga ito maikukumpara sa kung paanong ang tao ay nakasanayang magpuyos sa matinding galit o magbulalas ng kanyang galit. Maraming pag-uusap sa pagitan ng tao at ng Diyos ang nakatala sa Bibliya. Ang mga salita ng ilan sa mga indibiduwal na tao na kabilang sa mga usapan ay mabababaw, ignorante, at parang pambata, ngunit hindi sila pinabagsak ng Diyos, ni kinondena man. Isang halimbawa ay noong panahon ng pagsubok kay Job, paano pinakitunguhan ng Diyos na si Jehova ang tatlong kaibigan ni Job at ang iba pa pagkatapos Niyang marinig ang mga salitang kanilang sinabi kay Job? Kinondena Niya ba sila? Napoot ba Siya sa kanila? Wala Siyang ginawang ganoon! Sa halip sinabihan Niya si Job na magmakaawa sa kanilang ngalan, at na ipanalangin sila; at ang Diyos Mismo ay hindi dinamdang ang kanilang mga pagkakamali. Ang mga pangyayaring ito ay kumakatawan lahat sa pangunahing pinanggagalingan ng paraan ng pakikitungo ng Diyos sa sangkatauhan, tiwali at mangmang man ito. Samakatuwid, ang pagpapakawala ng poot ng Diyos ay hindi isang pagpapahayag o pagpapalabas ng lagay ng Kanyang loob, o isang paraan Niya ng pagbubulalas ng Kanyang galit. Salungat sa maling pagkakaunawa ng tao, ang poot ng Diyos ay hindi isang ganap na pagsabog ng Kanyang matinding galit. Hindi pinakakawalan ng Diyos ang Kanyang poot dahil sa hindi Niya kayang kontrolin ang Kanyang sariling damdamin o dahil ang Kanyang galit ay nakaabot na sa punto ng pagkulo at kailangan nang mailabas. Bagkus, ang Kanyang poot ay pagpapakita at isang tunay na pagpapahayag ng Kanyang matuwid na disposisyon; at isa itong simbolikong pagpapahayag ng Kanyang banal na diwa. Ang Diyos ay poot, at hindi Niya kinukunsinti ang pagkakasala—hindi nito sinasabi na ang galit ng Diyos ay walang prinsipyo o hindi kumikilala sa pagkakaiba-iba ng mga layunin; ang tiwaling sangkatauhan ang tanging nag-aangkin sa walang prinsipyo at walang-pinipiling pagbulalas ng matinding galit. Ang galit na ito ay ang klase ng galit na hindi nakakikilala ng kaibhan sa pagitan ng mga layunin. Sa sandaling magkaroon ng katayuan ang isang tao, madalas ay mahihirapan na siyang kontrolin ang kanyang damdamin, kaya't masisiyahan siyang samantalahin ang mga pagkakataon upang ipahayag ang kanyang pagkayamot at ilabas ang kanyang mga nadarama; madalas siyang magpupuyos sa matinding galit nang walang malinaw

na dahilan, nang sa gayon ay maihayag ang kanyang kakayahan at maipaalam sa ibang tao na ang kanyang katayuan at pagkakakilanlan ay iba roon sa mga ordinaryong tao. Siyempre, ang mga tiwaling tao na walang anumang katayuan ay malimit ding mawalan ng kontrol. Ang kanilang galit ay kadalasang dulot ng pinsala sa kanilang mga pansariling kapakanan. Upang mapangalagaan ang kanilang sariling katayuan at dignidad, madalas nilang nailalabas ang kanilang mga nararamdaman at naibubunyag ang kanilang mapagmataas na kalikasan. Ang tao ay magpupuyos sa galit at ilalabas ang kanyang mga nadarama upang maipagtanggol at mapagtibay ang pag-iral ng kasalanan, at ang mga pagkilos na ito ang mga paraan kung paano ipinahahayag ng tao ang kanyang pagkayamot; puno ang mga ito ng karumihan, ng mga pakana at mga intriga, ng katiwalian at kasamaan ng tao; at higit sa lahat, puno ang mga ito ng mga matayog na mithiin at pagnanasa ng tao. Kapag nakipagsagupaan ang katarungan sa kasamaan, hindi sisiklab ang galit ng tao upang ipagtanggol ang pag-iral ng katarungan o upang pagtibayin ito; bagkus, kapag ang mga puwersa ng katarungan ay nanganganib, inuusig at inaatake, ang ginagawa ng tao ay ang di-pagpansin, pag-iwas o paglayo. Subalit, kapag humaharap naman sa mga puwersa ng kasamaan, ang ginagawa ng tao ay ang pagpapaunlak, at labis na pagyuko. Samakatuwid, ang pagbubulalas ng tao ay isang pagtakas para sa mga puwersa ng kasamaan, isang pagpapahayag ng talamak at hindi mapigilang masamang ugali ng taong makalaman. Kapag ipinadadala ng Diyos ang Kanyang poot, gayon pa man, lahat ng puwersa ng kasamaan ay mapahihinto, lahat ng kasalanang nakapipinsala sa tao ay mapipigilan, lahat ng mapanlabang puwersa na humahadlang sa gawain ng Diyos ay maipakikita, ihihiwalay at susumpain; at lahat ng kasabwat ni Satanas na lumalaban sa Diyos ay parurusahan at aalisin. Sa kanilang kinalalagyan, ang gawain ng Diyos ay magpapatuloy nang malaya sa anumang mga hadlang; ang plano ng Diyos sa pamamahala ay magpapatuloy sa unti-unting pag-unlad ayon sa nakatakda; magiging malaya sa panggugulo at panlilinlang ni Satanas ang hinirang na mga tao ng Diyos; at yaong mga sumusunod sa Diyos ay masisiyahan sa pangunguna at pagtutustos ng Diyos sa tahimik at mapayapang kapaligiran. Ang poot ng Diyos ay isang pananggalang na pumipigil sa lahat ng masasamang puwersa mula sa pagdami at paglaganap, at isa rin itong pananggalang na nangangalaga sa pag-iral at paglaganap ng lahat ng matuwid at positibong mga bagay, at walang-hanggang nag-aadya sa kanila sa pagkasupil at pagkawasak.

Nakikita ba ninyo ang diwa ng poot ng Diyos sa Kanyang pagwasak sa Sodoma? May iba pa bang nakahalo sa Kanyang matinding galit? Ang sobra bang pagkagalit ng Diyos ay dalisay? Sa pananalita nga ng tao, wala bang halo ang poot ng Diyos? Mayroon bang anumang panlilinlang sa likod ng Kanyang poot? Mayroon bang anumang sabwatan? Mayroon bang mga masasamang lihim? Mariin at taimtim Kong masasabi sa inyo: Walang bahagi sa poot ng Diyos na makapagdudulot sa isang tao na magduda. Ang Kanyang galit ay isang ganap at walang halong galit na hindi nagkikimkim ng ibang layunin o tunguhin. Ang mga dahilan ng Kanyang galit ay dalisay, hindi mapananagot at

hindi mapipintasan. Isa itong likas na pahayag at pagpapakita ng Kanyang banal na diwa; isa itong bagay na walang sinuman sa mga nilikha ang nagtataglay. Bahagi ito ng natatanging matuwid na disposisyon ng Diyos, at ito ay isa ring kitang-kitang pagkakaiba sa pagitan ng kinauukulang mga diwa ng Lumikha at ng Kanyang nilikha.

Hindi alintana kung magalit man ang isang tao sa harapan ng iba o sa kanilang likuran, ang lahat ay may iba't ibang intensyon at dahilan sa kanilang galit. Marahil ay pinagaganda nila ang kanilang reputasyon, o maaaring ipinagtatanggol nila ang kanilang pansariling mga kagustuhan, pinananatili ang kanilang imahe o pinangangalagaan ang kanilang dangal. May ilang nagpipigil ng kanilang galit, samantalang ang iba naman ay mas walang hinahon at hinahayaang sumiklab ang kanilang matinding galit sa tuwing nais nila nang walang kahit katiting na nagpipigil. Sa madaling salita, ang galit ng tao ay nagmumula sa kanyang tiwaling disposisyon. Ano man ang layunin nito, nagmumula ito sa laman at sa kalikasan; wala itong kinalaman sa katarungan o kawalang-katarungan sapagkat walang anuman sa kalikasan at diwa ng tao ang tumutugma sa katotohanan. Samakatuwid, ang lagay ng kalooban ng tiwaling sangkatauhan at ang poot ng Diyos ay hindi dapat banggitin sa parehong sukatan. Walang pagtatanging ang asal ng isang tao na ginawang tiwali ni Satanas ay nagsisimula sa pagnanais na pangalagaan ang katiwalian, at ito nga ay batay sa katiwalian; ito ang dahilan kung bakit ang galit ng tao ay hindi maaaring banggitin kasabay ng poot ng Diyos, kahit gaano man katama ang galit ng tao sa teorya. Kapag ipinadadala ng Diyos ang Kanyang matinding galit, napipigil ang mga puwersa ng kasamaan at nawawasak ang mga masasamang bagay, samantalang tinatamasa ng matutuwid at positibong mga bagay ang pangangalaga at pag-iingat ng Diyos, at sila ay pinahihintulutang magpatuloy. Ipinadadala ng Diyos ang Kanyang poot dahil ang hindi makatarungan, negatibo at masasamang bagay ay humahadlang, nanggugulo o sumisira sa normal na gawain at pagsulong ng makatarungan at positibong mga bagay. Ang mithiin ng galit ng Diyos ay hindi ang protektahan ang Kanyang sariling katayuan at pagkakakilanlan, kundi ingatan ang pag-iral ng makatarungan, positibo, magaganda at mabubuting mga bagay, upang pangalagaan ang mga batas at kaayusan ng normal na kaligtasan ng buhay ng sangkatauhan. Ito ang pinag-uugatan ng poot ng Diyos. Ang matinding galit ng Diyos ay talagang nararapat, likas at tunay na pahayag ng Kanyang disposisyon. Walang mga lihim na hangarin sa Kanyang matinding galit, ni panlilinlang man o pagbabalak, o lalo na ng mga pagnanasa, katusuhan, malisya, karahasan, kasamaan o alinman sa mga katangiang taglay ng tiwaling sangkatauhan. Bago ipinadadala ng Diyos ang Kanyang matinding galit, naramdaman na Niya ang diwa ng bawat bagay nang lubhang malinaw at ganap, at nakapagbuo na Siya ng tumpak at malinaw na mga pakahulugan at mga kongklusyon. Sa gayon, ang layon ng Diyos sa bawat bagay na Kanyang ginagawa ay sinlinaw ng kristal, tulad din ng Kanyang saloobin. Hindi magulo ang Kanyang pag-iisip; hindi Siya bulag at mapusok; tiyak na may prinsipyo Siya. Ito ang praktikal na aspeto ng poot ng Diyos, at dahil sa praktikal na aspetong ito ng poot ng Diyos kaya naabot ng sangkatauhan ang karaniwang

pag-iral nito. Kung wala ang poot ng Diyos, bababa ang sangkatauhan sa mga hindi karaniwang kalagayan ng pamumuhay; at ang lahat ng bagay na matuwid, maganda at mabuti ay mawawasak at hihinto sa pag-iral. Kung wala ang poot ng Diyos, ang mga batas at mga alituntunin ng pag-iral para sa mga nilikhang nilalang ay masisira o maaaring tuluyang mawasak. Mula sa paglikha sa tao, patuloy na ginagamit ng Diyos ang Kanyang matuwid na disposisyon upang pangalagaan at panatilihin ang normal na pag-iral ng sangkatauhan. Sapagkat ang Kanyang matuwid na disposisyon ay naglalaman ng poot at pagiging maharlika, ang lahat ng masasamang tao, mga bagay at gamit, at lahat ng bagay na gumagambala at sumisira sa karaniwang pag-iral ng sangkatauhan ay naparurusahan, nakontrol at nawawasak bilang resulta ng Kanyang poot. Sa mga nakalipas na libu-libong taon, patuloy na ginagamit ng Diyos ang Kanyang matuwid na disposisyon upang pabagsakin at wasakin ang lahat ng uri ng marurumi at masasamang mga espiritu na kumakalaban sa Diyos at kumikilos bilang mga kasabwat at alagad ni Satanas sa gawain ng Diyos na pamamahala sa sangkatauhan. Sa gayon, ang gawain ng Diyos na pagliligtas sa tao ay laging sumusulong ayon sa Kanyang plano. Masasabi natin na dahil sa pag-iral ng poot ng Diyos, ang pinakamatuwid na mga layunin ng mga tao ay hindi kailanman nawasak.

Ngayon na may pagkaunawa na kayo sa diwa ng poot ng Diyos, tiyak na kailangan ninyong magkaroon ng mas mabuting pagkaunawa sa kung paano makikilala ang kasamaan ni Satanas!

Bagaman si Satanas ay Mukhang Makatao, Makatarungan at Mabuti, ang Diwa ni Satanas ay Malupit at Masama

Binubuo ni Satanas ang reputasyon nito sa pamamagitan ng panlilinlang sa mga tao, at madalas nitong ipinakikita ang sarili nito bilang isang tagapanguna at huwaran ng pagkamakatuwiran. Sa ilalim ng pagpapanggap na ito ay nagbabantay sa pagkamakatuwiran, pinipinsala nito ang mga tao, nilalamon ang kanilang mga kaluluwa, at ginagamit ang lahat ng uri ng paraan upang pamanhirin, linlangin, at buyuin ang tao. Ang layunin nito ay pasang-ayunin ang tao at pasunurin sa masamang pag-uugali nito, upang sumama rito ang tao sa paglaban sa awtoridad at kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos. Gayunman, kapag naging malinaw na ang isang tao hinggil sa mga pagbabalak, pakana at kasuklam-suklam na mga palabas nito at ayaw nang magpatuloy na tapak-tapakan at lokohin nito o patuloy na alipinin nito, o maparusahan at mawasak na kasama nito, binabago ni Satanas ang dating malasantong anyo nito at pinupunit ang huwad na maskara nito upang ibunyag ang tunay nitong mukha, na masama, malupit, pangit at mabagsik. Wala itong ibang nais kundi lipulin yaong lahat ng tumatangging sundin ito at yaong mga lumalaban sa masasama nitong mga puwersa. Sa puntong ito, hindi na makakapagpakita si Satanas ng isang mapagkakatiwalaan at maginoong anyo; sa halip, mabubunyag ang tunay na pangit at maladiyablong anyo nito sa likod ng pag-aanyong tupa. Sa sandaling malantad ang mga pakana at tunay na anyo ni Satanas,

magpupuyos ito sa labis na pagkapoot at ilalantad ang kalupitan nito. Pagkatapos nito, ang pagnanais nitong pinsalain at lamunin ang mga tao ay lalo lamang titindi. Ito ay dahil sumiklab ito sa galit sa pagkagising ng tao sa katotohanan; at nakabubuo ito ng isang makapangyarihang paghihiganti laban sa tao dahil sa kanilang paghahangad na magkaroon ng kalayaan at kaliwanagan, at makawala mula sa kulungan nito. Ang labis na poot nito ay naglalayong ipagtanggol at pagtibayin ang kasamaan nito at ito rin ay isang tunay na pagbubunyag ng malupit na kalikasan nito.

Sa bawat bagay, inilalantad ng kilos ni Satanas ang masamang kalikasan nito. Mula sa lahat ng masasamang gawa na ginawa ni Satanas sa tao—mula sa naunang mga pagsisikap nito na dayain ang tao upang sundin ito, hanggang sa panggagamit nito sa tao, kung saan ay kinakaladkad nito ang tao tungo sa masasama nitong gawa, hanggang sa paghihiganti ni Satanas sa tao matapos malantad ang tunay nitong anyo; at nakilala at tinalikdan ito ng tao—wala kahit isa sa mga gawang ito ang nabigong ilantad ang masamang diwa ni Satanas; wala kahit isa ang nabigong patunayan ang katunayan na si Satanas ay walang kaugnayan sa mga positibong bagay at na si Satanas ang pinagmumulan ng lahat ng masasamang bagay. Ang bawat isa sa mga kilos nito ay nangangalaga sa kasamaan nito, nagpapanatili sa pagpapatuloy ng masasamang gawa nito, kumakalaban sa matuwid at positibong mga bagay, at sumisira sa mga batas at kaayusan ng normal na pag-iral ng sangkatauhan. Ang mga gawang ito ni Satanas ay laban sa Diyos at ang mga ito ay wawasakin ng poot ng Diyos. Bagaman si Satanas ay may sariling matinding galit, ang matinding galit nito ay isang pamamaraan lamang upang mailabas ang masamang kalikasan nito. Ang dahilan kung bakit si Satanas ay naiinis at galit na galit ay ito: Nalantad ang napakasamang mga pakana nito; ang mga lihim na balak nito ay hindi madaling makalusot; ang marahas na mithiin at pagnanasa nito na palitan ang Diyos at kumilos bilang ang Diyos ay napabagsak at nahadlangan; at ang layunin nitong kontrolin ang buong sangkatauhan ay nauwi sa wala at hindi na kailanman makakamit. Ang paulit-ulit na pagtawag ng Diyos sa Kanyang poot, muli't muli, ang nagpatigil sa pagbubunga ng mga balak at pumigil sa pagdami at paglaganap ng kasamaan ni Satanas. Sa kadahilanang ito, kapwa kinamumuhian at kinatatakutan ni Satanas ang poot ng Diyos. Sa tuwing bumababa ang poot ng Diyos, hindi lamang nito inilalantad ang tunay na kasuklam-suklam na anyo ni Satanas; inilalantad din nito sa liwanag ang masasamang pagnanasa ni Satanas. Kasabay nito, ang mga dahilan ng matinding galit ni Satanas laban sa sangkatauhan ay ganap nang nailalantad. Ang pagsabog ng matinding galit ni Satanas ay isang tunay na pagbubunyag ng masamang kalikasan nito at isang paglalantad ng mga pakana nito. Siyempre, ipinararating ng bawat pagsiklab ng galit ni Satanas ang pagkawasak ng masasamang bagay at proteksyon at pagpapatuloy ng mga positibong bagay; ipinararating nito ang katunayan na hindi maaaring labagin ang poot ng Diyos!

Hindi Dapat Umasa ang Tao sa Karanasan at Imahinasyon Upang Malaman ang Matuwid na Disposisyon ng Diyos

Kapag nakita mo ang iyong sarili na nakaharap sa paghatol at pagkastigo ng Diyos, sasabihin mo kaya na may halo na ang salita ng Diyos? Sasabihin mo bang may kasinungalingan sa likod ng pagkapoot ng Diyos, at ang Kanyang pagkapoot ay may halo? Sisiraan mo ba ang Diyos, at sasabihing ang Kanyang disposisyon ay hindi naman talaga lubos na matuwid? Kapag hinaharap ang bawat isang gawa ng Diyos, kailangang tiyakin mo muna na malaya mula sa anumang ibang mga elemento ang matuwid na disposisyon ng Diyos, na ito ay banal at walang kapintasan. Kasama sa mga gawang ito ang pagpapabagsak, kaparusahan at pagwasak ng Diyos sa sangkatauhan. Walang pagtatangi, ang bawat isa sa mga gawa ng Diyos ay ginawa sa mahigpit na pagsunod sa Kanyang likas na disposisyon at Kanyang plano—hindi kasama rito ang kaalaman, tradisyon at pilosopiya ng sangkatauhan. Ang bawat isa sa mga gawa ng Diyos ay pagpapahayag ng Kanyang disposisyon at diwa, na walang kaugnayan sa anumang bagay na kabilang sa tiwaling sangkatauhan. Sa kuru-kuro ng mga tao, tanging ang pag-ibig ng Diyos, awa at pagpaparaya sa sangkatauhan ang walang-bahid, walang-halo at banal, at, walang nakaaalam na ang matinding galit ng Diyos at ang Kanyang poot ay wala ring halo; dagdag pa rito, walang nakapag-isip nang mabuti ng mga tanong tulad ng bakit hindi kinukunsinti ng Diyos ang pagkakasala o bakit ang Kanyang poot ay napakatindi. Bagkus, napagkakamalan ng ilan ang poot ng Diyos bilang init ng ulo, gaya ng sa tiwaling sangkatauhan, at nagkakamali ng pagkaunawa sa poot ng Diyos bilang kagaya ng matinding galit ng tiwaling sangkatauhan. Nagkakamali nga rin sila sa pagpapalagay na ang matinding galit ng Diyos ay katulad lamang ng likas na paghahayag ng tiwaling disposisyon ng sangkatauhan at na ang pagpapalabas ng poot ng Diyos ay katulad lamang ng galit ng tiwaling sangkatauhan kapag sila ay nahaharap sa isang hindi masayang sitwasyon, at naniniwala pa sila na ang pagpapalabas ng poot ng Diyos ay isang pagpapahayag ng Kanyang lagay ng loob. Pagkatapos ng pagbabahaging ito, umaasa Ako na ang bawat isa sa inyo ay hindi na magkakaroon ng anumang mga maling pagkakaintindi, mga guni-guni o mga haka-haka tungkol sa matuwid na disposisyon ng Diyos. Umaasa Ako na pagkatapos ninyong marinig ang Aking mga salita, magkakaroon kayo sa inyong mga puso ng tunay na pagkakilala sa poot ng matuwid na disposisyon ng Diyos, na maisasantabi na ninyo ang anumang nakaraang maling pagkaunawa sa poot ng Diyos, na kaya na ninyong baguhin ang inyong mga sariling maling paniniwala at mga pananaw tungkol sa diwa ng poot ng Diyos. Dagdag pa rito, umaasa Ako na magkakaroon na kayo ng tumpak na pakahulugan sa disposisyon ng Diyos sa inyong mga puso, na hindi na kayo magkakaroon pa ng anumang pag-aalinlangan tungkol sa matuwid na disposisyon ng Diyos, at na hindi na ninyo ipagpipilitan ang anumang pantaong pangangatwiran o pag-iisip tungo sa tunay na disposisyon ng Diyos. Ang matuwid na disposisyon ng Diyos ay ang Kanyang sariling tunay na diwa. Hindi ito isang

bagay na hinubog o isinulat ng tao. Ang Kanyang matuwid na disposisyon ay ang Kanyang matuwid na disposisyon at wala itong relasyon o mga ugnayan sa alinman sa nilikha. Ang Diyos Mismo ay ang Diyos Mismo. Hindi Siya kailanman magiging bahagi ng nilikha, at kahit na maging kaanib Siya ng mga nilikhang nilalang, ang Kanyang likas na disposisyon at diwa ay hindi magbabago. Samakatuwid, ang pagkakilala sa Diyos ay hindi pagkakilala sa isang bagay; hindi ito pagsusuri sa isang bagay, ni katulad ng pag-unawa sa isang tao. Kung ginagamit ng tao ang kanyang konsepto o pamamaraan ng pagkilala sa isang bagay o pag-unawa sa isang tao upang makilala ang Diyos, hindi ka kailanman magkakamit ng kaalaman tungkol sa Diyos. Ang pagkakilala sa Diyos ay hindi nakasalalay sa karanasan o imahinasyon, at samakatuwid hindi mo dapat ipagpilitan kahit kailan ang iyong karanasan o imahinasyon sa Diyos. Gaano man kayaman ang iyong karanasan at imahinasyon, may hangganan pa rin ang mga iyan. Higit pa ryan, ang iyong imahinasyon ay hindi umaayon sa mga katunayan, at lalong hindi ito umaayon sa katotohanan, at ito ay hindi katugma ng tunay na disposisyon at diwa ng Diyos. Hindi ka kailanman magtatagumpay kung aasa ka lamang sa iyong pag-iisip upang maunawaan ang diwa ng Diyos. Ang tanging landas ay ito: Tanggapin ang lahat ng nagmumula sa Diyos, at pagkatapos, unti-unting danasin at unawain ito. Darating ang araw na liliwanagan ka ng Diyos upang Siya ay lubos mong maunawaan at makilala dahil sa iyong pakikipagtulungan at dahil sa iyong pagkagutom at pagkauhaw para sa katotohanan. At sa pamamagitan nito, tapusin na natin ang bahaging ito ng ating pag-uusap.

Nakakamit ng Tao ang Awa at Pagpaparaya ng Diyos sa Pamamagitan ng Tapat na Pagsisisi

Ang sumusunod ay ang biblikal na kasaysayan ng “Pagliligtas ng Diyos sa Ninive.”

Jonas 1:1–2 Ngayon ang salita ni Jehova ay dumating kay Jonas na anak ni Amittai, na nagsasabi, “Bumangon ka, pumaroon ka sa Ninive, sa malaking bayang yaon, at humiyaw ka roon; sapagkat ang kanilang kasamaan ay umabot sa harap Ko.”

Jonas 3 At ang salita ni Jehova ay dumating kay Jonas na ikalawa, na nagsasabi, “Bumangon ka, pumaroon ka sa Ninive, sa malaking bayang yaon, at ipangaral mo ang pangaral na Aking iniutos sa iyo.” Sa gayo’y bumangon si Jonas, at naparoon sa Ninive, ayon sa salita ni Jehova. Ang Ninive nga ay totoong malaking bayan, na tatlong araw na lakarin. At pumasok si Jonas sa bayan na may isang araw na gumagala, at siya’y sumigaw, at nagsabi, “Apatnapung araw pa at ang Ninive ay mawawasak.” At ang bayan ng Ninive ay naniwala sa Diyos; at sila’y nangaghayag ng ayuno, at nangagsuot ng kayong magaspang, mula sa kadaki-dakilaan sa kanila hanggang sa kaliit-liitan sa kanila. At ang salita ay dumating sa hari ng Ninive, at siya’y tumindig sa kanyang luklukan, at hinubad niya ang kanyang balabal, at nagbalot siya ng kayong magaspang, at naupo sa mga abo. At kanyang inihayag at iniatas sa buong Ninive sa pasya ng hari at ng kanyang mga maharlika, na sinasabi, “Huwag tumikim maging tao ni hayop man, bakahan ni kawan man, ng anumang bagay: huwag silang magsikain, ni magsiinom man ng tubig; kundi mangagbalot ng kayong magaspang ang tao at gayon din ang hayop, at manangis

sila nang malakas sa Diyos: oo, talikdan ng bawat isa ang kanyang masamang gawi, at ang karahasan na nasa kanilang mga kamay. Sino ang nakaaalam kung mapanunumbalik ang Diyos at magsisisi, at tatalikod sa Kanyang mabangis na galit, upang tayo'y huwag mangamatay.” At nakita ng Diyos ang kanilang mga gawa, na sila'y tumalikod sa kanilang masamang gawi; at binawi ng Diyos ang masama, na Kanyang sinabing Kanyang gagawin sa kanila; at hindi Niya ginawa.

Jonas 4 Ngunit naghinakit nang matindi si Jonas, at siya'y nagalit. At siya'y nanalangin kay Jehova, at nagsabi, “Ako'y nanalangin sa Iyo, Oh Jehova, hindi бага ito ang aking sinabi, nang ako'y nasa aking lupain pa? Kaya't ako'y nagmadaling tumakas na patungo sa Tarsis; sapagkat talastas ko na Ikaw ay Diyos na mapagbiyaya, at puspos ng kahabagan, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kagandahang-loob, at nagsisisi Ka sa kasamaan. Kaya nga, Oh Jehova, isinasamo ko sa Iyo, na kitilin Mo ang aking buhay; sapagkat mabuti sa akin ang mamatay kaysa sa mabuhay.” At sinabi ni Jehova, “Mabuti бага ang iyong ginagawa na magalit?” Nang magkagayo'y lumabas si Jonas sa bayan, at naupo sa dakong silanganan ng bayan, at doo'y gumawa siya ng isang balag, at naupo siya sa ilalim niyaon sa lilim, hanggang sa kaniyang makita kung ano ang mangyayari sa bayan. At naghanda ang Diyos na si Jehova ng isang halamang kikayon, at pinataas sa itaas ni Jonas, upang maging lilim sa kanyang ulo, upang ialis siya sa kanyang masamang kalagayan. Sa gayo'y natuwang mainam si Jonas dahil sa kikayon. Ngunit naghanda ang Diyos ng isang uod nang mag-umaga kinabukasan at sinira nito ang halamang kikayon, na anupa't natuyo. At nangyari, nang sumikat ang araw, na naghanda ang Diyos ng mainit na hanging silangan; at sinikatan ng araw ang ulo ni Jonas, na anupa't siya'y nanlupaypay, at hiniling niya sa kanyang sarili na siya'y mamatay, at nagsabi, “Mabuti sa akin ang mamatay kaysa sa mabuhay.” At sinabi ng Diyos kay Jonas, “Mabuti бага ang ginagawa mo na magalit dahil sa kikayon?” At kanyang sinabi, “Mabuti ang ginagawa ko na magalit hanggang sa kamatayan.” At sinabi ni Jehova, “Ikaw ay nanghinayang sa kikayon na hindi mo pinagpagalan o pinatubo man; na sumampa sa isang gabi, at nawala sa isang gabi: At hindi бага Ako mahahabag sa Ninive, sa malaking bayang yaon, na mahigit sa isang daan at dalawampung libong katao na hindi marunong makakilala ng kanilang kanang kamay at ng kanilang kaliwang kamay; at marami ring hayop?”

Buod ng Kasaysayan ng Ninive

Bagaman ang kasaysayan ng “Pagliligtas ng Diyos sa Ninive” ay maigsi lamang, pinahihintulutan nito na masulyapan ng isang tao ang kabilang bahagi ng matuwid na disposisyon ng Diyos. Upang lubos na maunawaan kung ano ang nilalaman ng bahaging iyon, kailangang balikan natin ang Kasulatan at muling tingnan ang isa sa mga ginawa ng Diyos na isinakatuparan Niya sa proseso ng Kanyang gawain.

Tingnan muna natin ang pasimula ng kasaysayang ito: “Ngayon ang salita ni Jehova ay dumating kay Jonas na anak ni Amittai, na nagsasabi, ‘Bumangon ka, pumaroon ka sa Ninive, sa malaking bayang yaon, at humiyaw ka roon; sapagkat ang kanilang kasamaan ay umabot sa harap Ko’” (Jonas 1:1–2). Sa mga siping ito mula sa Kasulatan,

alam natin na inutusan ng Diyos na si Jehova si Jonas na magtungo sa lungsod ng Ninive. Bakit Niya inutusan si Jonas na magpunta sa lungsod na ito? Malinaw ang sinabi sa Bibliya tungkol dito: Ang kasamaan ng mga tao sa loob ng lungsod na ito ay umabot na sa harap ng Diyos na si Jehova, kaya isinugo Niya si Jonas upang ipahayag sa kanila ang nais Niyang gawin. Kahit na walang nakatala kung sino si Jonas, ito siyempre ay walang kaugnayan sa pagkakilala sa Diyos. Kaya, hindi ninyo kailangang makilala ang taong ito, si Jonas. Ang tanging kailangan ninyong malaman ay kung ano ang iniutos ng Diyos kay Jonas na gawin at ano ang mga dahilan ng Diyos sa paggawa ng bagay na ito.

Umabot ang Babala ng Diyos na si Jehova sa mga Taga-Ninive

Magpatuloy tayo sa ikalawang sipi, ang ikatlong kabanata ng Aklat ni Jonas: “At pumasok si Jonas sa bayan na may isang araw na gumagala, at siya’y sumigaw, at nagsabi, ‘Apatnapung araw pa at ang Ninive ay mawawasak.’” Ito ang mga salita na direktang ipinasasabi ng Diyos kay Jonas sa mga taga-Ninive, kaya siyempre, ito rin ang mga salita na nais sabihin ni Jehova sa mga taga-Ninive. Sinasabi ng mga salitang ito sa mga tao na nagsimulang kasuklaman at kamuhian ng Diyos ang mga mamamayan ng lungsod dahil ang kanilang kasamaan ay umabot na sa harap ng Diyos, kaya ninais Niyang wasakin ang lungsod na ito. Gayunman, bago wasakin ng Diyos ang lungsod, ipaaalam muna Niya ito sa mga taga-Ninive, at kasabay nito ay bibigyan Niya sila ng pagkakataon na pagsisihan ang kanilang kasamaan at magsimulang muli. Magtatagal lamang ng apatnapung araw ang pagkakataong ito, at hindi na hihigit pa. Sa madaling salita, kapag hindi nagsisi ang mga tao sa loob ng lungsod, inamin ang kanilang mga kasalanan o nagpatirapa sa harap ng Diyos na si Jehova sa loob ng apatnapung araw, wawasakin ng Diyos ang lungsod tulad ng ginawa Niya sa Sodoma. Ito ang ninais sabihin ng Diyos na si Jehova sa mga taga-Ninive. Malinaw na hindi ito simpleng pahayag. Hindi lamang nito ipinarating ang galit ng Diyos na si Jehova, ipinarating din nito ang Kanyang saloobin sa mga taga-Ninive; at gayundin, ang simpleng pahayag na ito ay nagsilbing taimtim na babala sa mga taong naninirahan sa loob ng lungsod. Sinabi ng babalang ito sa kanila na ang kanilang masasamang gawa ay nagdulot ng pagkapoot ng Diyos na si Jehova, at hindi magtatagal ay magdadala sa kanila sa bingit ng kanilang sariling pagkalipol. Ang buhay ng bawat isang naninirahan sa Ninive ay nasa nalalapit na kapahamakan.

Ang Malinaw na Pagkakaiba ng Reaksyon ng Ninive at Sodoma sa Babala ng Diyos na si Jehova

Ano ang ibig sabihin ng mapabagsak? Sa pangkaraniwang termino, ang ibig sabihin nito ay ang hindi na pag-iral. Ngunit sa paanong paraan? Sino ang makapagpapabagsak sa isang buong lungsod? Siyempre, imposibleng magawa ng tao ang gayong gawain. Hindi mga hangal ang mga taga-Ninive; sa sandaling narinig nila ang pahayag na ito,

nakuha na nila ang ideya. Alam nila na mula ito sa Diyos; alam nila na isasagawa ng Diyos ang Kanyang gawain; alam nila na ang kanilang kasamaan ang nagpasiklab sa poot ng Diyos na si Jehova at nagdala ng Kanyang galit sa kanila, nang sila ay mapuksa kasama ng kanilang lungsod sa madaling panahon. Paano kumilos ang mga mamamayan ng lungsod matapos nilang marinig ang babala ng Diyos na si Jehova? Inilalarawan ng Bibliya sa tiyak na detalye ng naging reaksiyon ng mga tao, mula sa kanilang hari hanggang sa mga pangkaraniwang tao. Nakatala ang mga sumusunod na mga salita sa Kasulatan: “At ang bayan ng Ninive ay naniwala sa Diyos; at sila’y nangaghayag ng ayuno, at nangagsuot ng kayong magaspang, mula sa kadaki-dakilaan sa kanila hanggang sa kaliit-liitan sa kanila. At ang salita ay dumating sa hari ng Ninive, at siya’y tumindig sa kanyang luklukan, at hinubad niya ang kanyang balabal, at nagbalot siya ng kayong magaspang, at naupo sa mga abo. At kanyang inihayag at iniatas sa buong Ninive sa pasya ng hari at ng kanyang mga maharlika, na sinasabi, ‘Huwag tumikim maging tao ni hayop man, bakahan ni kawan man, ng anumang bagay: huwag silang magsikain, ni magsiinom man ng tubig; kundi mangagbalot ng kayong magaspang ang tao at gayon din ang hayop, at manangis sila nang malakas sa Diyos: oo, talikdan ng bawat isa ang kanyang masamang gawi, at ang karahasan na nasa kanilang mga kamay...” (Jonas 3:5–9).

Matapos marinig ang pahayag ng Diyos na si Jehova, ang mga mamamayan ng Ninive ay nagpakita ng pag-uugali na lubos na kabaligtaran ng sa mga taga-Sodoma—habang ang mga mamamayan ng Sodoma ay hayagang kinalaban ang Diyos at nagpapatuloy sa paggawa ng kasamaan, ang mga taga-Ninive naman, matapos marinig ang mga salitang ito, ay hindi binalewala ang bagay na ito, ni tinanggihan man. Sa halip, naniwala sila sa Diyos at nagdeklara ng pag-aayuno. Ano ang kahulugan ng “naniwala” rito? Ang mismong salita ay nagpapahiwatig ng pananampalataya at pagpapasakop. Kung gagamitin natin ang mismong ginawa ng mga taga-Ninive upang ipaliwanag ang salitang ito, nangangahulugan ito na naniwala sila na gagawin at kayang gawin ng Diyos ang Kanyang sinabi, at nakahanda silang magsisi. Ang mga taga-Ninive ba ay nakadama ng takot sa harap ng nalalapit na kapahamakan? Ang kanilang paniniwala ang nagdulot ng takot sa kanilang mga puso. Kaya naman, ano ang magagamit natin upang patunayan ang paniniwala at takot ng mga taga-Ninive? Tulad ng sinasabi sa Bibliya: “... sila’y nangaghayag ng ayuno, at nangagsuot ng kayong magaspang, mula sa kadaki-dakilaan sa kanila hanggang sa kaliit-liitan sa kanila.” Sinasabi nito na ang mga taga-Ninive ay tunay na naniwala, at nagdulot ng takot ang paniniwalang ito, na humantong sa pag-aayuno at pagsusuot ng magaspang na damit. Ganito nila ipinakita na nagsisimula na silang magsisi. Ibang-iba sa mga taga-Sodoma, hindi lamang sa hindi nilabanan ng mga taga-Ninive ang Diyos, malinaw rin nilang ipinakita ang kanilang pagsisisi sa pamamagitan ng kanilang asal at mga kilos. Siyempre, ito ay isang bagay na ginawa ng lahat ng mamamayan ng Ninive, hindi lamang ng karaniwang mamamayan—kabilang din ang hari.

Ang Pagsisisi ng Hari ng Ninive ang Pumukaw sa Papuri ng Diyos na si Jehova

Nang marinig ng hari ng Ninive ang balitang ito, tumayo siya mula sa kanyang trono, hinubad ang kanyang balabal, nagsuot ng magaspang na damit at umupo sa mga abo. Pagkatapos ay kanyang ipinahayag na walang sinuman sa lungsod ang papayagang tumikim ng anuman, at walang mga tupa, baka, o ano pa mang mga hayop, ang papayagang kumain o uminom ng tubig. Kapwa tao at hayop ay magdadamit ng kayong magaspang; lahat ng mamamayan ay magmamakaawa sa Diyos. Ipinahayag din ng hari na ang bawat isa sa kanila ay tatalikuran na ang kanilang masasamang gawi at ang karahasan sa kanilang mga kamay. Batay sa magkakasunod na mga gawaing ito, tunay ang naging pagsisisi ng hari ng Ninive sa kanyang puso. Ang sunod-sunod na mga pagkilos na kanyang ginawa—pagtayo mula sa kanyang trono, paghuhubad ng kanyang balabal ng pagkahari, pagdadamit ng kayong magaspang at pag-upo sa mga abo—ay nagsasabi sa mga tao na isinasantabi ng hari ng Ninive ang kanyang katayuan bilang hari at nagdadamit ng kayong magaspang kasama ang mga karaniwang mamamayan. Sinasabi nito na ang hari ng Ninive ay hindi nanatili sa kanyang pagiging hari para ipagpatuloy ang kanyang masamang gawa o ang karahasan sa kanyang mga kamay matapos marinig ang babala mula sa Diyos na si Jehova; sa halip, isinantabi niya ang awtoridad na kanyang hawak at nagsisi sa harap ng Diyos na si Jehova. Sa pagkakataong ito, hindi nagsisisi ang hari ng Ninive bilang hari; humarap siya sa Diyos upang magkumpisal at magsisi sa kanyang mga kasalanan bilang isang pangkaraniwang nasasakupan ng Diyos. Bukod pa rito, sinabihan din niya ang buong lungsod na magkumpisal at magsisi sa kanilang mga kasalanan sa harap ng Diyos na si Jehova tulad ng ginawa niya; dagdag pa rito, may tiyak siyang plano kung paano ito isasagawa, tulad ng makikita sa mga kasulatan: “Huwag tumikim maging tao ni hayop man, bakahan ni kawan man, ng anumang bagay: huwag silang magsikain, ni magsiinom man ng tubig: ... at manangis sila nang malakas sa Diyos: oo, talikdan ng bawat isa ang kanyang masamang gawi, at ang karahasan na nasa kanilang mga kamay.” Bilang pinuno ng lungsod, ang hari ng Ninive ay nagtataglay ng pinakamataas na katayuan at kapangyarihan at makakaya niyang gawin ang anumang bagay na kanyang naisin. Nang matanggap ang babala ng Diyos na si Jehova, maaari naman niyang balewalain na lang ito o mangumpisal na lamang at magsisi sa kanyang mga kasalanan nang mag-isa; kung pipiliin ng mga tao sa lungsod na magsisi o hindi, maaari naman niyang pabayaan na lamang lahat ang bagay na ito. Ngunit hindi ito kailanman ginawa ng hari ng Ninive. Hindi lamang siya tumayo mula sa kanyang trono, nagdamit ng kayong magaspang at naupo sa mga abo at nangumpisal at nagsisi sa kanyang mga kasalanan sa harap ng Diyos na si Jehova, inutusan din niya ang lahat ng tao at mga hayop sa buong lungsod na gawin din iyon. Inutusan pa niya ang mga tao na “manangis sila nang malakas sa Diyos.” Sa pamamagitan ng mga magkakasunod na gawaing ito, tunay na nagampanan

ng hari ng Ninive iyong dapat gawin ng isang pinuno. Ang kanyang mga ginawa ay isang bagay na mahirap gawin para sa sinumang hari sa kasaysayan ng tao, at wala ngang ibang hari ang nakagawa ng mga bagay na ito. Ang mga gawaing ito ay maaaring tawagin na wala pang nakagagawa sa kasaysayan ng sangkatauhan; karapat-dapat ang mga ito na kapwa gunitain at tularan ng sangkatauhan. Buhat noong pagsisimula ng tao, pinangunahan ng bawat hari ang kanyang mga nasasakupan sa pagtangga at paglaban sa Diyos. Walang sinuman ang nanguna sa kanyang mga nasasakupan sa pagsusumamo sa Diyos upang tubusin sila sa kanilang kasamaan, tanggapin ang pagpapatawad ng Diyos na si Jehova at maiwasan ang nalalapit na kaparusahan. Subalit ang hari ng Ninive ay nakayang pangunahan ang kanyang mga nasasakupan na manumbalik sa Diyos, iwan na ang kanilang masamang mga gawi at iwan na ang karahasan na nasa kanilang mga kamay. Bukod pa rito, nagawa rin niyang isantabi ang kanyang trono, at bilang ganti, nagbago ang isip at nakadama ng pagsisisi ang Diyos na si Jehova at binawi ang Kanyang poot, at hinayaan ang mga mamamayan ng lungsod na maligtas at malayo mula sa pagkawasak. Ang mga ginawa ng hari ay maaari lamang matawag na isang pambihirang himala sa kasaysayan ng tao, at huwarang halimbawa pa nga ng tiwaling sangkatauhan na nangumpisal at nagsisi sa kanilang mga kasalanan sa harap ng Diyos.

Nakikita ng Diyos ang Tapat na Pagsisisi sa Kaibuturan ng mga Puso ng mga Taga-Ninive

Pagkatapos mapakinggan ang pagpapahayag ng Diyos, ang hari ng Ninive at ang kanyang mga nasasakupan ay nagsagawa ng serye ng mga pagkilos. Ano ang kalikasan ng kanilang asal at mga gawa? Sa madaling salita, ano ang diwa ng kabuuan ng kanilang pag-uugali? Bakit nila ginawa ang kanilang ginawa? Sa mga mata ng Diyos, tapat silang nagsisisi, hindi lamang dahil nagsumamo sila sa Diyos at ikinumpisal ang kanilang mga kasalanan sa harap Niya, kundi dahil na rin sa iniwan na nila ang kanilang masamang pag-uugali. Kumilos sila sa ganitong paraan dahil matapos nilang marinig ang mga salita ng Diyos, labis silang natakot at naniwala na gagawin Niya ang Kanyang sinabi. Sa pamamagitan ng pag-aayuno, pagdadamit ng magaspang at pag-upo sa mga abo, ninais nilang ipahayag ang kanilang kahandaang baguhin ang kanilang mga pamamaraan at tumigil na sa kasamaan, at nanalangin sila sa Diyos na si Jehova na pigilin ang Kanyang galit, nagsusumamo sa Kanya na bawiin ang Kanyang pasya, gayundin ang malaking kapahamakan na malapit nang dumating sa kanila. Kung susuriin natin ang lahat ng kanilang inasal, makikita natin na naunawaan na nila na ang kanilang nakaraang masasamang gawa ay kasuklam-suklam sa Diyos na si Jehova at makikita rin natin na naunawaan nila ang dahilan kung bakit malapit na Niya silang puksain. Ito ang dahilan kung bakit ninais nilang lahat na lubusang magsisi, talikuran ang kanilang masasamang gawa, at iwan ang karahasan sa kanilang mga kamay. Sa madaling salita, nang maunawaan na nila ang pahayag ng Diyos na si Jehova, ang bawat isa sa

kanila ay nakadama ng takot sa kanilang mga puso; hindi na nila ipinagpatuloy ang kanilang masamang pag-uugali at hindi na nagpatuloy na gawin ang mga gawaing labis na kinamumuhian ng Diyos na si Jehova. Dagdag pa rito, nagsumamo sila sa Diyos na si Jehova na patawarin ang kanilang mga nakaraang kasalanan at huwag silang pakitunguhan batay sa kanilang mga nakaraang ginawa. Nakahanda silang hindi na kailanman muling makisangkot sa kasamaan at kikilos na sila ayon sa mga tagubilin ng Diyos na si Jehova, kung maaari lamang ba na hindi na nila kailanman muling mapasiklab ang galit ng Diyos na si Jehova. Tapat at ganap ang kanilang pagsisisi. Galing ito sa kaibuturan ng kanilang mga puso at hindi nagkukunwari, ni hindi ito pansamantala.

Sa sandaling nalaman ng mga taga-Ninive, mula sa hari hanggang sa mga karaniwang tao, na nagagalit sa kanila ang Diyos na si Jehova, malinaw at lantad na nakita ng Diyos ang bawat isa sa kanilang mga sumunod na pagkilos at ang kanilang buong asal, maging ang bawat pagpapasya at pagpili nila. Nagbago ang puso ng Diyos ayon sa kanilang pag-uugali. Ano ang kundisyon ng pag-iisip ng Diyos noong mga sandaling iyon? Masasagot ng Bibliya ang tanong na iyan para sa iyo. Nakatala ang mga sumusunod na salita sa mga kasulatan: “At nakita ng Diyos ang kanilang mga gawa, na sila’y tumalikod sa kanilang masamang gawi; at binawi ng Diyos ang masama, na Kanyang sinabing Kanyang gagawin sa kanila; at hindi Niya ginawa” (Jonas 3:10). Bagaman nagbago ang isip ng Diyos, walang anumang magulo sa kundisyon ng Kanyang kaisipan. Mula sa pagpapahayag ng Kanyang galit ay pinakalma lamang Niya ang Kanyang galit, at pagkatapos ay nagpasya na huwag nang dalhin ang malaking kapahamakan sa lungsod ng Ninive. Ang dahilan kung bakit napagpasyahan ito—ang iligtas ang mga taga-Ninive mula sa malaking kapahamakan—ng Diyos nang napakabilis ay napagmasdan ng Diyos ang puso ng bawat tao sa Ninive. Nakita Niya kung ano ang pinanghahawakan nila mula sa kalaliman ng kanilang mga puso: ang kanilang tapat na pangungumpisal at pagsisisi sa kanilang mga kasalanan, ang kanilang tapat na paniniwala sa Kanya, ang kanilang malalim na kabatiran kung paanong ang kanilang masasamang gawa ay lubos na nagpagalit sa Kanyang disposisyon, at ang naidulot na takot sa nalalapit na kaparusahan ng Diyos na si Jehova. At gayundin naman, narinig din ng Diyos na si Jehova ang kanilang mga panalangin mula sa kaibuturan ng kanilang mga puso na nagsusumamo sa Kanya na huwag nang magalit sa kanila upang makaiwas sila sa paparating na malaking kapahamakan. Nang mapansin ng Diyos ang lahat ng pangyayaring ito, unti-unting naglaho ang Kanyang galit. Kahit gaano kalaki ang Kanyang galit noon, nang makita Niya ang tapat na pagsisisi sa kaibuturan ng mga puso ng mga taong ito, nabagbag nito ang Kanyang puso, kaya’t hindi Niya makayang dalhin ang malaking kapahamakan sa kanila, at humupa na ang Kanyang galit sa kanila. Sa halip, patuloy Niyang pinalawig ang Kanyang awa at pagpapaubaya sa kanila at patuloy silang ginabayan at tinustusan.

Kung ang Paniniwala Mo sa Diyos ay Totoo, Madalas Mong Matatanggap ang Kanyang Pagkalinga

Ang pagbabago ng Diyos ng Kanyang mga intensyon sa mga mamamayan ng Ninive ay walang kasamang pag-aalinlangan o anumang hindi tiyak o malabo. Sa halip, isa itong pagbabago mula sa ganap na pagkagalit tungo sa ganap na pagpaparaya. Ito ay isang tunay na paghahayag ng diwa ng Diyos. Ang Diyos ay hindi kailanman nag-aalangan o nag-aatubili sa Kanyang mga kilos; ang mga prinsipyo at mga layunin sa likod ng Kanyang mga pagkilos ay malinaw at nakikita ng lahat, dalisay at walang kapintasan, lubos na walang mga daya o mga balakin na nakahalo sa loob. Sa madaling salita, walang nakahalang kadiliman o kasamaan sa diwa ng Diyos. Nagalit ang Diyos sa mga taga-Ninive dahil ang kanilang masasamang gawa ay nakaabot na sa Kanyang paningin; noong panahong iyon, ang Kanyang galit ay nagmula sa Kanyang diwa. Ngunit, nang mawala na ang galit ng Diyos at minsan pa ay Kanyang ipinagkaloob ang pagpaparaya sa mga taga-Ninive, lahat ng Kanyang ipinahayag ay ang Kanya pa ring sariling diwa. Ang kabuuan ng pagbabagong ito ay dahil sa pagbabago sa saloobin ng tao tungo sa Diyos. Sa loob ng buong panahong ito, ang hindi nalalabag na disposisyon ng Diyos ay hindi nagbago; ang mapagparayang diwa ng Diyos ay hindi nagbago; ang mapagmahal at maawaing diwa ng Diyos ay hindi nagbago. Kapag nakagawa ng masasamang gawa ang mga tao at nagkasala sa Diyos, ipadadala Niya ang Kanyang galit sa kanila. Kapag tunay na nagsisi ang mga tao, magbabago ang puso ng Diyos, at huhupa ang Kanyang galit. Kapag nagpatuloy ang mga tao sa pagmamatigas na paglaban sa Diyos, ang Kanyang matinding galit ay hindi mapipigil; ang Kanyang poot ay unti-unting ididiin sa kanila hanggang sa sila ay mawasak. Ito ang diwa ng disposisyon ng Diyos. Nagpapahayag man ang Diyos ng poot o awa at mapagmahal na kabaitan, ang asal, pag-uugali at saloobin ng tao para sa Diyos na nagmumula sa kalaliman ng kanyang puso ang magdidikta ng kung ano ang ipinahahayag sa pamamagitan ng paghahayag ng disposisyon ng Diyos. Kung patuloy na isasailalim ng Diyos ang isang tao sa Kanyang galit, walang dudang kinakalaban ng puso ng taong ito ang Diyos. Dahil ang taong ito ay hindi kailanman tunay na nagsisi, hindi nagpakumbaba sa harap ng Diyos o nagtaglay ng tunay na paniniwala sa Diyos, hindi niya kailanman nakamit ang awa at pagpaparaya ng Diyos. Kapag ang isang tao ay madalas makatanggap ng pagkalinga ng Diyos, ng Kanyang awa, ng Kanyang pagpaparaya, walang dudang ang taong ito ay may tunay na paniniwala sa Diyos sa kanyang puso, at hindi kinakalaban ng kanyang puso ang Diyos. Madalas nagsisisi ang taong ito sa harap ng Diyos; samakatuwid, kahit na madalas bumababa sa taong ito ang pagdidisiplina ng Diyos, ang Kanyang poot ay hindi bababa.

Ang maikling kwentong ito ay nagpapahintulot sa mga tao na makita ang puso ng Diyos, makita ang pagiging totoo ng Kanyang diwa, makita na ang Kanyang galit at ang mga pagbabago sa Kanyang puso ay may dahilan. Sa kabila ng malinaw na pagkakaiba

na ipinakita ng Diyos nang Siya ay puno ng poot at nang baguhin Niya ang Kanyang puso, bagay na nagpaniwala sa mga tao na parang may malaking puwang o pagkakaiba sa pagitan ng dalawang aspetong ito ng diwa ng Diyos—ang Kanyang galit at ang Kanyang pagpaparaya—ang saloobin ng Diyos tungo sa pagsisisi ng mga taga-Ninive ay muling nagbibigay ng pagkakataon sa mga tao na makita ang isa pang bahagi ng tunay na disposisyon ng Diyos. Ang pagbabago ng puso ng Diyos ay tunay na nagbibigay ng pagkakataon sa sangkatauhan na makitang muli ang pagiging totoo ng awa at mapagmahal na kabaitan ng Diyos at upang makita ang tunay na paghahayag ng diwa ng Diyos. Ngunit kailangan ng sangkatauhan na kilalanin na ang awa at mapagmahal na kabaitan ng Diyos ay hindi mga kathang-isip, ni mga gawa-gawa lamang. Ito ay dahil totoo ang nararamdaman ng Diyos sa pagkakataon na iyon, at ang pagbabago ng puso ng Diyos ay totoo—tunay nga na minsan pang ipinagkaloob ng Diyos ang Kanyang awa at pagpaparaya sa sangkatauhan.

Ang Tunay na Pagsisisi sa Puso ng mga Taga-Ninive ang Nagdulot sa Kanila ng Awa ng Diyos at Nagpabago sa Kanilang Sariling Katapusan

Mayroon bang anumang salungatan sa pagitan ng pagbabago ng puso ng Diyos at Kanyang poot? Siyempre wala! Ito ay sapagkat may dahilan ang pagpaparaya ng Diyos noong pagkakataong iyon. Ano kaya ang dahilan na ito? Ito ay ang ibinigay sa Bibliya: “Bawat tao ay lumayo sa kanyang masamang gawi” at “iniwan ang karahasan sa kanyang mga kamay.”

Ang “masamang gawi” ay hindi tumutukoy sa isang dakot na masasamang gawa, kundi sa masamang bukal kung saan nagmumula ang pag-uugali ng mga tao. Ang “Ang paglayo sa masamang gawi ng isang tao” ay nangangahulugan na hindi na nila kailanman muling gagawin ang mga gawaing ito. Sa madaling salita, hindi na sila kailanman muling kikilos sa masamang paraang ito; ang paraan, pinagmulan, layunin, intensyon at prinsipyo ng kanilang mga pagkilos ay nagbagong lahat; hindi na nila kailanman muling gagamitin ang mga pamamaraan at mga prinsipyong ito upang magdulot ng kasiyahan at kaligayahan sa kanilang mga puso. Ang “iniwan” sa “iniwan ang karahasan sa mga kamay ng isang tao” ay nangangahulugan na binitawan o isinantabi, upang ganap na makawala sa nakaraan at hindi na kailanman muling balikan. Nang iwanan ng mga taga-Ninive ang karahasan sa kanilang mga kamay, pinatunayan at kinatawan nito ang tunay nilang pagsisisi. Pinagmamasdan ng Diyos ang panlabas na anyo ng mga tao, gayundin ang kanilang mga puso. Nang mapansin ng Diyos ang tunay na pagsisisi sa puso ng mga taga-Ninive nang walang pag-aalinlangan, at napansin din na tinalikdan na nila ang kanilang masasamang gawi at iniwan ang karahasan sa kanilang mga kamay, binago Niya ang Kanyang puso. Ibig sabihin, ang asal at pag-uugali ng mga taong ito at ang iba’t ibang pamamaraan ng kanilang paggawa ng mga bagay, gayundin ang kanilang tapat na pangungumpisal at pagsisisi sa mga kasalanan sa kanilang puso, ang dahilan kaya nagbago ang puso ng Diyos, nagbago ang Kanyang mga layunin, binawi ang

Kanyang pasya at hindi na sila pinarusahan o nilipol man. Kaya nagkaroon ang mga taga-Ninive ng ibang katapusan. Nailigtas nila ang kanilang sariling mga buhay at natamo rin nila ang awa at pagpaparaya ng Diyos, kung saang punto binawi din ng Diyos ang Kanyang poot.

Ang Awa at Pagpaparaya ng Diyos ay Hindi Bihira—Ang Totoong Pagsisisi ng Tao ang Ganoon

Kahit gaano man kagalit ang Diyos sa mga taga-Ninive, sa sandaling nagpahayag sila ng pag-aayuno at nagsuot ng magaspang na damit at naupo sa mga abo, unti-unting lumambot ang Kanyang puso, at nagsimulang magbago ang Kanyang isip. Nang sabihin Niyang wawasakin Niya ang kanilang lungsod—ang panahon bago ang kanilang pangungumpisal at pagsisisi sa kanilang mga kasalanan—galit pa rin sa kanila ang Diyos. Sa sandaling nagsagawa sila ng serye ng mga gawain ng pagsisisi, unti-unting nagbago at napalitan ng awa at pagpaparaya ang galit ng Diyos sa mga taga-Ninive. Walang anumang magkasalungat sa magkaparehong paghahayag ng dalawang aspeto ng disposisyon ng Diyos sa magkaparehong pangyayari. Paano mauunawaan at malalaman ng isang tao ang ganitong kawalan ng pagkakasalungatan kung gayon? Magkasunod na ipinahayag ng Diyos ang magkabaligtad na bahaging ito ng mga diwa nang magsisi ang mga taga-Ninive, nagtutulot sa mga tao na makita ang pagiging totoo at hindi nalalabag na diwa ng Diyos. Ginamit ng Diyos ang Kanyang saloobin upang sabihin sa mga tao ang mga sumusunod: Hindi sa hindi nagpaparaya ang Diyos sa mga tao, o hindi Niya nais na maawa sa kanila; sa halip, ito ay dahil sa bihira silang magsisi nang tapat sa Diyos, at bihirang tunay na talikdan ang kanilang masasamang gawi at iwanan ang karahasan sa kanilang mga kamay. Sa madaling sabi, kapag nagagalit ang Diyos sa tao, umaasa Siya na makakaya ng tao na magsisi nang tapat, at umaasa Siya na makikita ang tunay na pagsisisi ng tao, kung saan ay, maluwag Niyang ipagpapatuloy na ipagkaloob ang Kanyang awa at pagpaparaya sa tao. Ibig sabihin nito na ang masamang pag-uugali ng tao ang nagdudulot ng poot ng Diyos, samantalang ang awa at pagpaparaya ng Diyos ay ipagkakaloob sa mga nakikinig sa Diyos at tunay na nagsisisi sa harap Niya, sa mga makatatalikod sa kanilang masasamang gawi at maiiwan ang karahasan sa kanilang mga kamay. Ang saloobin ng Diyos ay napakalinaw na ipinahayag sa Kanyang pakikitungo sa mga taga-Ninive: Ang awa at pagpaparaya ng Diyos ay hindi lubhang mahirap na makamit at ang hinihingi Niya sa isang tao ay tunay na pagsisisi nito. Hangga’t ang mga tao ay tatalikod sa kanilang masasamang gawi at iiwan ang karahasan sa kanilang mga kamay, babaguhin ng Diyos ang Kanyang puso at ang Kanyang saloobin tungo sa kanila.

Ang Matuwid na Disposisyon ng Lumikha ay Tunay at Malinaw

Nang binago ng Diyos ang Kanyang puso para sa mga taga-Ninive, isang pagkukunwari lamang ba ang Kanyang awa at pagpaparaya? Siyempre hindi! Kung

gayon, ano ang naipakita ng pagbabago sa pagitan ng dalawang aspetong ito ng disposisyon ng Diyos sa kurso ng pagharap ng Diyos sa isang sitwasyong ito? Ang disposisyon ng Diyos ay isang ganap na buo—hinding-hindi ito nahahati. Naghahayag man Siya ng galit o awa at pagpaparaya tungo sa mga tao, ang lahat naman ng ito ay pagpapahayag ng Kanyang matuwid na disposisyon. Ang disposisyon ng Diyos ay mahalaga at malinaw, at binabago Niya ang Kanyang isip at saloobin batay sa pag-unlad ng mga bagay-bagay. Ang pagbabago ng Kanyang saloobin tungo sa mga taga-Ninive ay nagsasabi sa sangkatauhan na mayroon Siyang sariling mga kaisipan at ideya; hindi Siya isang robot o luwad na rebulto, kundi ang buhay na Diyos Mismo. Maaari Siyang magalit sa mga mamamayan ng Ninive, kung paanong maaari rin Niyang patawarin ang kanilang mga nakaraan dahil sa kanilang mga pag-uugali. Maaari Siyang magpasya na magpadala ng kasawian sa mga taga-Ninive, at maaari rin Niyang baguhin ang Kanyang pagpapasya dahil sa kanilang pagsisisi. Gusto ng mga tao na mahigpit na maglapat ng mga alituntunin at gamitin ang mga ganoong alituntunin upang limitahan at bigyang-kahulugan ang Diyos, tulad ng kanilang pagnanais na gumamit ng mga pormula upang subukang unawain ang disposisyon ng Diyos. Samakatuwid, batay sa kayang abutin ng pag-iisip ng tao, ang Diyos ay hindi nag-iisip, ni wala Siyang anumang makabuluhang mga ideya. Ngunit sa realidad, ang mga kaisipan ng Diyos ay patuloy na nagbabago ayon sa mga pagbabago sa mga bagay-bagay at sa mga kapaligiran. Habang ang mga kaisipang ito ay nagbabago, nabubunyag ang iba't ibang aspeto ng diwa ng Diyos. Sa prosesong ito ng pagbabago, sa mismong sandaling binabago ng Diyos ang Kanyang puso, ang totoong pag-iral ng Kanyang buhay ang ibinubunyag Niya sa sangkatauhan, at na ibinubunyag din Niya na ang Kanyang matuwid na disposisyon ay puno ng nagbabagong kasiglahan. Kasabay nito, ginagamit ng Diyos ang Kanyang sariling tunay na mga pagbubunyag upang patunayan sa sangkatauhan ang pagiging totoo ng pag-iral ng Kanyang poot, Kanyang awa, Kanyang mapagmahal na kabaitan at Kanyang pagpaparaya. Ang Kanyang diwa ay mabubunyag sa anumang oras at saan mang lugar alinsunod sa pag-unlad ng mga bagay-bagay. May angkin Siyang poot ng isang leon at pagkahabag at pagpaparaya ng isang ina. Ang Kanyang matuwid na disposisyon ay hindi nagpapahintulot ng pagdududa, paglabag, pagbabago, o pamamaluktot ng sinumang tao. Sa lahat ng usapin at mga bagay-bagay, ang matuwid na disposisyon ng Diyos—iyon ay, ang poot ng Diyos at awa ng Diyos—ay mabubunyag sa anumang oras at saan mang lugar. Nagbibigay Siya ng mahalagang pagpapahayag sa mga aspetong ito sa bawat sulok ng sangnilikha, at isinasakatuparan Niya ang mga iyon nang may sigla sa bawat paglipas ng sandali. Ang matuwid na disposisyon ng Diyos ay hindi nalilimitahan ng panahon o lugar, o sa madaling salita, ang matuwid na disposisyon ng Diyos ay hindi ipinapahayag na parang makina o ibinubunyag ayon sa idinidikta ng mga hangganan ng panahon o lugar, kundi sa halip, ang matuwid na disposisyon ng Diyos ay malayang naihahayag at nabubunyag sa lahat ng panahon at mga lugar. Kapag nakita mong binago ng Diyos ang Kanyang puso at huminto sa paghahayag ng Kanyang

poot at tumigil sa pagwasak sa lungsod ng Ninive, masasabi mo ba na mahabagin at mapagmahal lamang ang Diyos? Masasabi mo ba na ang poot ng Diyos ay binubuo ng walang-saysay na mga salita? Kapag ipinadarama ng Diyos ang matinding poot at binabawi ang Kanyang awa, masasabi mo ba na hindi Siya nakadarama ng tunay na pagmamahal sa sangkatauhan? Inihahayag ng Diyos ang matinding poot na ito bilang tugon sa masasamang gawa ng mga tao; ang Kanyang poot ay walang kapintasan. Ang puso ng Diyos ay naaantig ng pagsisisi ng mga tao, at ang pagsisising ito ang siyang nagdudulot ng pagbabago sa Kanyang puso. Kapag naaantig Siya, kapag may pagbabago sa Kanyang puso, at kapag nagpapakita Siya ng awa at pagpaparaya sa tao, ang lahat ng ito ay lubos na walang kapintasan; ang mga iyon ay malinis, dalisay, walang-dungis at walang-halo. Ang pagpaparaya ng Diyos ay talagang: pagpaparaya, gaya ng ang Kanyang awa ay walang-iba kundi awa. Ibinubunyag ng Kanyang disposisyon ang poot o awa at pagpaparaya at ang mga pagkakaiba-iba sa pag-uugali ng tao. Kahit ano man ang Kanyang ibunyag at ipahayag, lahat ng ito ay dalisay at tuwiran; ang diwa nito ay iba mula roon sa anumang nilikha. Kapag ipinahahayag ng Diyos ang mga prinsipyo sa likod ng Kanyang mga pagkilos, malaya ang mga ito sa anumang kapintasan o dungis, at gayundin ang Kanyang kaisipan, mga ideya, at bawat isang pagpapasya Niya at kilos na isinasagawa Niya. Dahil sa nakapagpasya na nang gayon ang Diyos at nakakilos na Siya nang gayon, gayon Niya rin tinatapos ang Kanyang mga sinimulan. Ang resulta ng Kanyang mga ginawa ay tama at tiyak na walang pagkakamali sapagkat ang pinagmulan ng mga iyon ay walang-kapintasan at walang-dungis. Ang poot ng Diyos ay walang-kapintasan. Gayundin, ang awa at pagpaparaya ng Diyos—na hindi taglay ng anumang nilalang—ay banal at walang-kapintasan, at kayang tagalan ang maingat na paglilimi at karanasan.

Sa pamamagitan ng pagkakaunawa ninyo sa kuwento ng Ninive, nakikita na ba ninyo ang kabilang panig ng diwa ng matuwid na disposisyon ng Diyos? Nakikita ba ninyo ang kabilang panig ng natatanging matuwid na disposisyon ng Diyos? Mayroon bang sinuman sa sangkatauhan na nagtataglay ng ganitong uri ng disposisyon? Mayroon bang sinuman na nagtataglay ng ganitong uri ng poot, ang poot ng Diyos? Mayroon bang sinuman na nagtataglay ng awa at pagpaparaya na tulad ng sa Diyos? Sino sa mga sangnilikha ang makatatawag ng gayon katinding poot at makapagpapasya na wasakin o padalhan ng kalamidad ang sangkatauhan? At sino ang karapat-dapat na magkaloob ng awa sa tao, na magparaya at magpatawad, at sa gayon ay baguhin ang naunang pasya na wasakin ang tao? Ipinahahayag ng Lumikha ang Kanyang matuwid na disposisyon sa pamamagitan ng Kanyang sariling natatanging mga pamamaraan at prinsipyo, at hindi Siya nagpapasailalim sa kontrol o mga pagbabawal ng sinumang tao, alinmang mga pangyayari o bagay-bagay. Sa Kanyang walang katulad na disposisyon, walang sinuman ang nakapagpapabago sa Kanyang kaisipan at mga ideya, ni walang sinuman ang nakahihimok sa Kanya at nakapagpapabago ng alinman sa Kanyang mga pagpapasya. Ang kabuuan ng asal at mga kaisipan na umiiral sa lahat ng

sangnilikha ay umiiral sa ilalim ng paghatol ng Kanyang matuwid na disposisyon. Walang sinumang makapipigil sa Kanyang pagkapoot o pagkaawa; tanging ang diwa lamang ng Lumikha—o sa madaling salita, ang matuwid na disposisyon ng Lumikha—ang nakapagpapasya rito. Ito ang natatanging kalikasan ng matuwid na disposisyon ng Lumikha!

Sa pamamagitan ng pagsusuri at pag-unawa sa pagbabago ng saloobin ng Diyos sa mga taga-Ninive, nagagamit mo na ba ang salitang “natatangi” upang ilarawan ang awa na matatagpuan sa matuwid na disposisyon ng Diyos? Nauna na nating sinabi na ang poot ng Diyos ay isang aspeto ng diwa ng Kanyang natatanging matuwid na disposisyon. Bibigyang-kahulugan Ko ngayon ang dalawang aspeto—ang poot ng Diyos at ang awa ng Diyos—bilang Kanyang matuwid na disposisyon. Ang matuwid na disposisyon ng Diyos ay banal; ito ay hindi nagpapalampas ng paglabag o pagdududa; ito ay isang bagay na hindi taglay ng sinuman sa mga nilalang o hindi-nilalang. Ito ay kapwa natatangi at para lamang sa Diyos. Sinasabi nito na ang poot ng Diyos ay banal at hindi nalalabag. Sa ganito ring paraan, ang isa pang aspeto ng matuwid na disposisyon ng Diyos—ang awa ng Diyos—ay banal at hindi nalalabag. Walang sinuman sa mga nilikha o hindi-nilikha ang makapapalit o kayang kumatawan sa Diyos sa Kanyang mga pagkilos, ni makapapalit o kayang kumatawan sa Kanya sa pagwasak sa Sodoma o sa pagliligtas sa Ninive. Ito ang tunay na pagpapahayag ng natatanging matuwid na disposisyon ng Diyos.

Ang Tapat na Damdamin ng Lumikha Tungo sa Sangkatauhan

Madalas na sinasabi ng mga tao na hindi madaling bagay ang makilala ang Diyos. Ngunit sinasabi Ko na ang pagkilala sa Diyos ay hindi talaga isang mahirap na bagay, sapagkat madalas na ipinapakita ng Diyos sa tao ang Kanyang mga gawa. Hindi kailanman itinigil ng Diyos ang Kanyang pakikipag-usap sa sangkatauhan, at hindi Niya kailanman ikinubli, ni itinago ang sarili Niya mula sa tao. Ang Kanyang mga kaisipan, ang Kanyang mga ideya, ang Kanyang mga salita at ang Kanyang mga gawa ay ibinubunyag na lahat sa sangkatauhan. Samakatuwid, hangga’t nais ng tao na kilalanin ang Diyos, maaari niyang unawain at kilalanin Siya sa pamamagitan ng lahat ng uri ng mga paraan at pamamaraan. Ang dahilan kung bakit bulag na iniisip ng tao na sinasadyang iwasan siya ng Diyos, na sinasadyang itago ng Diyos ang Kanyang sarili mula sa sangkatauhan, na ang Diyos ay walang intensyon na pahintulutan ang tao na unawain at kilalanin Siya, ay dahil hindi niya alam kung sino ang Diyos at ni hindi niya ninanais na maunawaan ang Diyos. Lalong higit pa ryan, walang pakialam ang tao sa mga kaisipan, mga salita o mga gawa ng Lumikha.... Sa totoo lang, kung ginagamit lamang ng isang tao ang kanyang bakanteng oras upang pagtuunan ng pansin at unawain ang mga salita o gawa ng Lumikha, at kung magbibigay siya ng kaunti man lang na pansin sa mga kaisipan ng Lumikha at sa tinig ng Kanyang puso, hindi magiging mahirap para sa taong iyon na mapagtanto na nakikita at malinaw ang mga kaisipan,

mga salita at mga gawa ng Lumikha. Gayundin, kakailanganin ang kaunting pagsisikap upang mapagtanto na ang Lumikha ay kasama ng tao sa lahat ng pagkakataon, na lagi Siyang nakikipag-usap sa tao at sa kabuuan ng sangnilikha, at gumagawa Siya ng mga bagong gawa sa araw-araw. Ang Kanyang diwa at disposisyon ay ipinahahayag sa Kanyang pakikipag-usap sa tao; ang Kanyang mga kaisipan at mga ideya ay ganap na ibinubunyag sa Kanyang mga gawa; Sinasamahan Niya at inoobserbahan ang sangkatauhan sa lahat ng pagkakataon. Tahimik Siyang nakikipag-usap sa sangkatauhan at sa buong sangnilikha sa Kanyang tahimik na mga salita: “Ako ay nasa kalangitan, at Ako ay kasama ng Aking sangnilikha. Ako ay patuloy na nagmamasid; Ako ay naghihintay; Ako ay nasa iyong tabi...” Ang Kanyang mga kamay ay mainit-init at malakas; ang Kanyang mga yapak ay magaan; ang Kanyang tinig ay mahina at kaaya-aya; ang Kanyang anyo ay pabalik-balik, niyayakap ang buong sangkatauhan; ang Kanyang mukha ay maganda at magiliw. Hindi Siya kailanman lumisan, ni naglaho man. Araw at gabi, Siya ang palaging kasama ng sangkatauhan, hindi umaalis sa kanilang tabi kailanman. Ang Kanyang matapat na pag-iingat at natatanging pagmamahal sa sangkatauhan, gayon din ang Kanyang tunay na pagmamalasakit at pag-ibig sa tao, ay unti-unting naipakita nang iligtas Niya ang lungsod ng Ninive. Sa partikular, ang palitan sa pagitan ng Diyos na si Jehova at ni Jonas ay inilantad nang ganap ang kabaitan ng Lumikha sa sangkatauhan na Siya Mismo ang lumikha. Sa pamamagitan ng mga salitang iyon, makakamit mo ang malalim na pagkaunawa sa tapat na damdamin ng Diyos para sa sangkatauhan ...

Ang sumusunod na talata ay nakatala sa Aklat ni Jonas 4:10–11: “At sinabi ni Jehova, ‘Ikaw ay nanghinayang sa kikayon na hindi mo pinagpagalan o pinatubo man; na sumampa sa isang gabi, at nawala sa isang gabi: At hindi бага Ako mahahabag sa Ninive, sa malaking bayang yaon, na mahigit sa isang daan at dalawampung libong katao na hindi marunong makakilala ng kanilang kanang kamay at ng kanilang kaliwang kamay; at marami ring hayop?’” Ang mga ito ang aktwal na sinabi ng Diyos na si Jehova, naitala mula sa pag-uusap sa pagitan ng Diyos at ni Jonas. Bagaman ang pag-uusap na ito ay maigsi lamang, ito ay puno ng pagkalinga ng Lumikha sa sangkatauhan at ng Kanyang pag-aatubili na bitiwang ang sangkatauhan. Ang mga salitang ito ay nagpapahayag ng tunay na saloobin at mga nararamdaman ng Diyos sa Kanyang puso para sa Kanyang sangnilikha. Sa pamamagitan ng mga salitang ito na malinaw at tiyak, na ang katulad ay madalang marinig ng tao, ay inilalahad ng Diyos ang Kanyang tunay na mga layunin para sa sangkatauhan. Ang palitan na ito ay kumakatawan sa saloobin na taglay ng Diyos sa mga mamamayan ng Ninive—ngunit anong uri ng saloobin ito? Ito ang saloobin na Kanyang taglay sa mga taga-Ninive bago at pagkatapos ng kanilang pagsisipi at ang saloobin na ipinakitungo Niya sa sangkatauhan. Nasa loob ng mga salitang ito ang Kanyang mga kaisipan at Kanyang disposisyon.

Anong mga kaisipan ng Diyos ang ibinubunyag sa mga salitang ito? Kung magtutuon ka sa mga detalye habang nagbabasa, hindi magiging mahirap para sa iyo na mapansin

na ginagamit Niya ang salitang “awa”; ang paggamit ng salitang ito ay nagpapakita ng tunay na saloobin ng Diyos tungo sa sangkatauhan.

Sa lebel ng literal na kahulugan, maaaring bigyang-kahulugan ng mga tao ang salitang “awa” sa iba’t ibang paraan: Una, nangangahulugan itong “mahalin at ingatan, ang makadama ng kabaitan sa isang bagay”; pangalawa, nangangahulugan itong “magmahal nang buong giliw”; at panghuli, nangangahulugan itong “pagiging hindi handang makasakit at kawalan ng kakayahang tiisin na gawin ito.” Sa madaling sabi, nagpapahiwatig ang salitang ito ng magiliw na pagmamahal at pag-ibig, gayundin ang hindi pagiging handa na isuko ang isang tao o isang bagay; nagpapahiwatig ito ng awa at pagpaparaya ng Diyos sa tao. Ginamit ng Diyos ang salitang ito, na isang salitang karaniwang binibigkas ng mga tao, ngunit nagagawa rin nitong ilantad ang tinig ng puso ng Diyos at ang Kanyang saloobin sa sangkatauhan.

Kahit na ang lungsod ng Ninive ay puno ng mga taong tiwali, masama at marahas katulad ng sa Sodoma, ang kanilang pagsisisi ang nagdulot sa Diyos na baguhin ang Kanyang puso at magpasya na hindi na sila wasakin. Dahil ang kanilang pagtugon sa mga salita at tagubilin ng Diyos ay nagpakita ng saloobing malinaw na kabaligtaran ng sa mga mamamayan ng Sodoma, at dahil sa kanilang tapat na pagpapasakop sa Diyos at tapat na pagsisisi sa kanilang mga kasalanan, gayon din sa kanilang tunay at matapat na pag-uugali sa lahat ng pagkakataon, minsan pa ay ipinakita ng Diyos ang Kanyang taos-pusong awa at ipinagkaloob ito sa kanila. Ang ipinagkakaloob ng Diyos at ang Kanyang pagkahabag sa sangkatauhan ay imposibleng magaya ninuman, at imposibleng taglayin ng sinumang tao ang awa o pagpaparaya ng Diyos, maging ang Kanyang tapat na damdamin sa sangkatauhan. Mayroon bang sinuman na ipinapalagay mong dakilang lalaki o babae, o maging isang makapangyarihang tao, na mula sa isang mataas na kinalalagyan ay nagsasalita bilang isang dakilang lalaki o babae, o sa pinakamataas na kalagayan ay makapangungusap ng ganitong uri ng pahayag sa sangkatauhan o sa sangnilikha? Sino sa sangkatauhan ang makaaalam ng kalagayan ng buhay ng tao na tulad ng palad ng kanilang mga kamay? Sino ang makapagdadala ng pasanin at pananagutan para sa pag-iral ng sangkatauhan? Sino ang nararapat magproklama ng pagkawasak ng isang lungsod? At sino ang nararapat magpatawad sa isang lungsod? Sino ang makapagsasabi na kinahahabagan nila ang kanilang sariling nilikha? Tanging ang Lumikha! Tanging ang Lumikha ang may paggiliw sa sangkatauhang ito. Tanging ang Lumikha ang nagpapakita ng pagkahabag at pagmamahal sa sangkatauhang ito. Tanging ang Lumikha ang may tunay at hindi napapatid na pagmamahal para sa sangkatauhang ito. Gayundin, tanging ang Lumikha ang makapagkakaloob ng awa sa sangkatauhang ito at nahahabag sa Kanyang buong sangnilikha. Lumulundag at sumasakit ang Kanyang puso sa bawat isa sa mga kilos ng tao: Siya ay nagagalit, nababalisa, at nagdadalamhati sa kasamaan at katiwalian ng tao. Siya ay nalulugod, nagagalak, nagpapatawad at nagsasaya sa pagsisisi at paniniwala ng tao; ang bawat isa sa Kanyang mga kaisipan at mga ideya ay umiiral para at umiikot sa sangkatauhan;

kung ano Siya at kung anong mayroon Siya ay lubos na ipinahahayag para sa kapakanan ng sangkatauhan; ang kabuuan ng Kanyang mga damdamin ay nakaugnay sa pag-iral ng sangkatauhan. Para sa kapakanan ng sangkatauhan, naglalakbay Siya at nagmamadali; tahimik Niyang ibinibigay ang bawat himaymay ng Kanyang buhay; iniaalay Niya ang bawat minuto at segundo ng Kanyang buhay.... Hindi Niya kailanman nalaman kung paano pahalagahan ang Kanyang sariling buhay, ngunit lagi Niyang kinahahabagan ang sangkatauhan na Siya Mismo ang lumikha.... Ibinibigay Niya ang lahat ng mayroon Siya para sa sangkatauhang ito.... Iginagawad Niya ang Kanyang awa at pagpaparaya nang walang kondisyon at walang inaasahang kapalit. Ginagawa lamang Niya ito upang patuloy na manatili ang sangkatauhan sa Kanyang harapan, na tinatanggap ang Kanyang bigay na buhay; ginagawa lamang Niya ito upang balang araw ay magpasakop sa Kanya ang sangkatauhan at kilalanin na Siya ang nag-aalaga sa pag-iral ng tao at nagbibigay ng buhay ng buong sangnilikha.

Ipinahahayag ng Lumikha ang Kanyang Tunay na Damdamin Para sa Sangkatauhan

Ang pag-uusap na ito sa pagitan ng Diyos na si Jehova at ni Jonas ay walang duda na isang pagpapahayag ng tunay na damdamin ng Lumikha para sa sangkatauhan. Sa isang banda, ipinaalam nito sa mga tao ang tungkol sa pag-unawa ng Lumikha sa buong sangnilikha sa ilalim ng Kanyang kataas-taasang kapangyarihan; tulad ng sinabi ng Diyos na si Jehova, “At hindi бага Ako mahahabag sa Ninive, sa malaking bayang yaon, na mahigit sa isang daan at dalawampung libong katao na hindi marunong makakilala ng kanilang kanang kamay at ng kanilang kaliwang kamay; at marami ring hayop?” Sa madaling salita, ang pag-unawa ng Diyos sa Ninive ay hindi madalian lamang. Hindi lamang ang bilang ng mga nabubuhay sa loob ng lungsod (kasama na ang mga tao at mga hayop) ang alam Niya, alam din Niya kung ilan ang hindi matukoy kung alin ang kanilang kanan at kaliwang kamay—iyon ay, kung ilang mga bata at kabataan ang naroroon. Ito ay isang tiyak na patunay ng lubos na pagkaunawa ng Diyos sa sangkatauhan. Sa kabilang banda, ipinaalam ng pag-uusap na ito sa mga tao ang tungkol sa saloobin ng Lumikha para sa sangkatauhan, ibig sabihin, ang timbang ng sangkatauhan sa puso ng Lumikha. Katulad lamang ito ng sinabi ng Diyos na si Jehova: “Ikaw ay nanghinayang sa kikayon na hindi mo pinagpagalan o pinatubo man; na sumampa sa isang gabi, at nawala sa isang gabi: At hindi бага Ako mahahabag sa Ninive, sa malaking bayang yaon...?” Ito ang mga salita ng pagsaway ng Diyos na si Jehova kay Jonas, ngunit lahat ng iyon ay totoo.

Bagaman ipinagkatiwala kay Jonas ang pagpapahayag ng salita ng Diyos na si Jehova sa mga taga-Ninive, hindi niya naunawaan ang mga layunin ng Diyos na si Jehova, ni naunawaan ang Kanyang mga pag-aalala at mga inaasahan para sa mga mamamayan ng lungsod. Sa pamamagitan ng mahigpit na pangangaral na ito, nais ng Diyos na sabihin sa kanya na ang sangkatauhan ay produkto ng sariling mga kamay ng

Diyos, at ang Diyos ay naglaan ng maingat na paggawa sa bawat isang tao, na nasa balikat ng bawat isang tao ang mga inaasahan ng Diyos, at na tinamasa ng bawat isang tao ang panustos ng buhay ng Diyos; para sa bawat isang tao, binayaran ng Diyos ang halaga ng maingat na paggawa. Ang mahigpit na pangangaral na ito ay nagsabi rin kay Jonas na kinahahabagan ng Diyos ang sangkatauhan, na gawa ng Kanyang sariling mga kamay, tulad din ng panghihinayang ni Jonas sa kikayon. Hinding-hindi sila iiwanan ng Diyos nang gayon-gayon lamang, o sa huling posibleng sandali; lalo na't napakaraming bata at mga inosenteng hayop sa loob ng lungsod. Kapag nakikitungo sa mga bata at inosenteng produktong ito ng paglikha ng Diyos, na hindi man lamang matukoy ang kaibahan ng kanilang kanang kamay sa kanilang kaliwa, lalong hindi malubos maisip na tatapusin ng Diyos ang kanilang buhay at pagpapasyahan ang kanilang kalalabasan sa gayong madaliang paraan. Umasa ang Diyos na makita silang lumaki; umasa Siya na hindi sila lalakad sa parehong landas na nilakaran ng kanilang mga nakatatanda, na hindi na nila kakailanganin pang muling marinig ang babala ng Diyos na si Jehova, at na magbibigay sila ng patotoo tungkol sa nakaraan ng Ninive. Lalong higit pa rito, umasa ang Diyos na makita ang Ninive pagkatapos nitong magsisi, na makita ang hinaharap ng Ninive kasunod ng pagsisisi nito, at higit na mahalaga, na makita ang Ninive na muling namumuhay sa ilalim ng awa ng Diyos. Samakatuwid, sa mata ng Diyos, ang mga nilikhang ito na hindi matukoy ang kaibahan ng kanilang kanan sa kaliwang kamay ay ang kinabukasan ng Ninive. Sila ang babalikat sa kasuklam-suklam na nakaraan ng Ninive, tulad ng kanilang pagbalikat sa mahalagang tungkulin ng pagpapatotoo sa kapwa nakaraan at hinaharap ng Ninive sa ilalim ng paggabay ng Diyos na si Jehova. Sa pahayag na ito ng Kanyang tunay na damdamin, iniharap ng Diyos na si Jehova ang awa ng Lumikha para sa sangkatauhan sa kabuuan nito. Ipinakita nito sa sangkatauhan na ang "awa ng Lumikha" ay hindi isang walang-laman na parirala, ni isang hungkag na pangako; mayroon itong tiyak na mga prinsipyo, pamamaraan at layon. Ang Diyos ay tunay at totoo, at hindi Siya gumagamit ng mga kasinungalingan o pagpapanggap, at sa parehong paraang ito, ang Kanyang awa ay walang hanggang ipinagkakaloob sa buong sangkatauhan sa bawat oras at kapanahunan. Gayunpaman, hanggang sa mismong araw na ito, ang pakikipagpalitang ito ng Lumikha kay Jonas ay ang nag-iisa at natatanging pahayag Niya kung bakit Siya nagpapakita ng awa sa sangkatauhan, kung paano Siya nagpapakita ng awa sa sangkatauhan, kung gaano Siya nagpaparaya sa sangkatauhan at ang Kanyang tunay na damdamin para sa sangkatauhan. Ang maikli at malinaw na pananalita ng Diyos na si Jehova sa pakikipag-usap na ito ay nagpapahayag ng Kanyang saloobin tungo sa sangkatauhan bilang isang kabuuan; ang mga ito ay isang tunay na pagpapahayag ng saloobin ng Kanyang puso tungo sa sangkatauhan; at ang mga ito rin ay matibay na patunay ng Kanyang pagkakaloob ng masaganang awa sa sangkatauhan. Ang Kanyang awa ay hindi lamang ipinagkakaloob sa nakatatandang mga henerasyon ng sangkatauhan, kundi ay ipinagkakaloob din sa mga nakababatang miyembro ng sangkatauhan, kung paano ito

mula pa man noon, mula sa isang henerasyon hanggang sa susunod. Bagaman ang poot ng Diyos ay madalas na bumabagsak sa ilang partikular na lugar at ilang partikular na panahon ng sangkatauhan, ang awa ng Diyos ay hindi kailanman tumigil. Sa Kanyang awa, ginagabayan at pinangungunahan Niya ang magkakasunod na henerasyon ng Kanyang mga nilikha, at tinutustusan at pinangangalagaan ang mga ito, sapagkat ang Kanyang tunay na damdamin tungo sa sangkatauhan ay hindi kailanman magbabago. Tulad ng sinabi ng Diyos na si Jehova: “At hindi бага Ako mahahabag...” Lagi Niyang kinahahabagan ang Kanyang sariling sangnilikha. Ito ang awa ng matuwid na disposisyon ng Lumikha, at ito rin ang ganap na pagiging natatangi ng Lumikha!

Limang Uri ng mga Tao

Pansamantala, iiwan Ko muna rito ang ating pagbabahaginan tungkol sa matuwid na disposisyon ng Diyos. Ang susunod ay Aking uuriin ang mga tagasunod ng Diyos sa ilang kategorya, batay sa kanilang pagkaunawa sa Diyos at kanilang pagkaunawa at karanasan sa Kanyang matuwid na disposisyon, upang malaman ninyo ang yugto kung saan kayo naroroon sa kasalukuyan, gayundin ang inyong kasalukuyang tayog. Pagdating sa kaalaman ng mga tao tungkol sa Diyos at sa kanilang pagkaunawa sa Kanyang matuwid na disposisyon, ang iba’t ibang mga yugto at tayog na kinalalagyan ng mga tao ay mahahati sa limang uri sa pangkalahatan. Ang paksang ito ay pinagtitiibay batay sa pagkakakilala sa natatanging Diyos at sa Kanyang matuwid na disposisyon. Samakatuwid, habang binabasa ninyo ang sumusunod na nilalaman, kailangang subukan ninyo nang buong ingat na alamin nang tumpak kung gaano ang pagkaunawa at kaalaman na mayroon kayo tungkol sa pagiging natatangi ng Diyos at Kanyang matuwid na disposisyon, at pagkatapos, gamitin ninyo ang resulta upang hatulan kung saang yugto na kayo tunay na nabibilang, gaano kalaki ang tunay ninyong tayog, at kung anong uri talaga kayo ng tao.

Unang Uri: Ang Yugto ng Sanggol na Nababalot ng Lampin

Ano ang ibig sabihin ng “isang sanggol na nababalot ng lampin”? Ang isang sanggol na nababalot ng lampin ay isang sanggol na kadarating pa lamang sa mundong ito, isang bagong silang. Ito ay kung kailan ang mga tao ay nasa kanilang pinakamurang anyo.

Ang mga tao sa yugtong ito ay wala talagang taglay na kamalayan o kaalaman sa mga bagay tungkol sa paniniwala sa Diyos. Sila ay naguguluhan at walang alam sa lahat ng bagay. Ang mga taong ito ay maaaring matagal nang naniwala sa Diyos o hindi pa naman katagalan, ngunit ang kanilang lito at walang nalalamang kalagayan at ang kanilang tunay na tayog ang naglalagay sa kanila sa yugto ng isang sanggol na nababalot ng lampin. Ang tiyak na kahulugan ng mga kundisyon ng isang sanggol na nababalot ng lampin ay ganito: Gaano man katagal naniwala sa Diyos ang uri ng taong ito, lagi siyang malilito at may magulo at mahinang pag-iisip; hindi niya alam kung bakit siya naniniwala

sa Diyos, ni hindi niya alam kung sino ang Diyos o sino ba ang Diyos. Bagaman sumusunod siya sa Diyos, walang tumpak na kahulugan ang Diyos sa kanyang puso, at hindi niya matukoy kung ang sinusunod ba niya ay ang Diyos, mas lalo na kung talagang dapat siyang maniwala sa Diyos at sumunod sa Kanya. Ito ang tunay na kalagayan ng ganitong uri ng tao. Ang pag-iisip ng mga taong ito ay malabo, at sa madaling salita, ang kanilang paniniwala ay puno ng kalituhan. Lagi silang nabubuhay sa isang kalagayang naguguluhan at natutulala; “pagiging magulo ng pag-iisip”, “pagkalito” at “pagiging mahina ng pag-iisip” ang nagbubuod sa kanilang mga kalagayan. Hindi pa nila kailanman nakikita ni nararamdaman ang pag-iral ng Diyos, at samakatuwid, ang pakikipag-usap sa kanila tungkol sa pagkakilala sa Diyos ay parang pagpapabasa sa kanila ng isang aklat na nakasulat sa heroglipiko—hindi nila ito maiintindihan ni tatanggapin man. Para sa kanila, ang pagkakilala sa Diyos ay katulad ng pagkadinig sa isang hindi kapani-paniwalang kuwento. Bagaman ang kanilang mga isipan ay maaaring malabo, matatag talaga ang kanilang paniniwala na ang pagkakilala sa Diyos ay isang lubos na pag-aaksaya ng panahon at lakas. Ito ang unang uri ng tao: isang sanggol na nababalot ng lampin.

Ikalawang Uri: Ang Yugto ng Sanggol na Pinasususo

Kung ihahambing sa isang sanggol na nababalot ng lampin, ang uring ito ng tao ay may nagawa nang ilang progreso. Ang nakalulungkot nga lang ay wala pa rin silang kahit anumang pagkaunawa sa Diyos. Kulang pa rin sila sa malinaw na pagkakaintindi at maliwanag na pagkaunawa sa Diyos, at hindi masyadong malinaw sa kanila kung bakit kailangan nilang maniwala sa Diyos, ngunit sa kanilang mga puso may sarili silang layunin at malinaw na mga ideya. Hindi nila ipinag-aalala kung tama ba na maniwala sila sa Diyos. Ang tunguhin at layunin na kanilang hinahanap sa pamamagitan ng paniniwala sa Diyos ay para matamasa ang Kanyang biyaya, para magkaroon ng kaligayahan at kapayapaan, para mamuhay nang maginhawa, para matamo ang pagkalinga at pag-iingat ng Diyos at mabuhay sa ilalim ng mga pagpapala ng Diyos. Hindi nila inaalala ang antas ng kanilang pagkakilala sa Diyos; wala silang pagnanasa na maghangad ng pagkaunawa sa Diyos, at ni hindi nila inaalala kung ano ang ginagawa ng Diyos o ano ang nais Niyang gawin. Walang taros lang nilang hinahangad na matamasa ang Kanyang biyaya at matamo ang mas marami pa Niyang pagpapala; hinahangad nilang magkamit ng makasandaan sa kasalukuyang kapanahunan, at buhay na walang hanggan sa kapanahunang darating. Ang kanilang mga saloobin, kung gaano nila ginugugol ang sarili, at kanilang debosyon, at maging ang kanilang pagdurus, lahat ay magkakapareho ng layon: para makamit ang biyaya at mga pagpapala ng Diyos. Wala silang malasakit para sa ano pa mang bagay. Ang ganitong uri ng tao ay nakatitiyak lamang na maaaring panatilihing ligtas ng Diyos ang mga tao at ipagkaloob sa kanila ang Kanyang biyaya. Maaaring sabihin na hindi sila interesado o hindi masyadong malinaw sa kung bakit nais ng Diyos na iligtas ang tao o sa nais ng Diyos na makuhang resulta sa pamamagitan ng

Kanyang mga salita at gawain. Hindi sila kailanman nagsikap na malaman ang diwa at matuwid na disposisyon ng Diyos, ni hindi rin nila mapukaw ang interes na gawin ito. Wala rin silang kagustuhang bigyan ng pansin ang mga bagay na ito, ni hindi rin nila ninanais na malaman ang mga ito. Hindi nila nais na magtanong tungkol sa gawain ng Diyos, mga hinihingi ng Diyos sa tao, kalooban ng Diyos, o anumang may kaugnayan sa Diyos; at wala rin silang kagustuhang magtanong tungkol sa mga bagay na ito. Ito ay dahil naniniwala sila na ang mga bagay na ito ay walang kaugnayan sa kanilang pagtamasa ng biyaya ng Diyos, at ang iniisip lamang nila ay ang Diyos na may tuwirang kaugnayan sa kanilang mga pansariling interes, at makapagkakaloob ng biyaya sa tao. Wala silang interes sa kahit ano pa man, kaya't hindi sila makapasok sa realidad ng katotohanan, kahit gaano pa karaming taon silang naniwala sa Diyos. Kung walang sinumang magdidilig o magpapakain sa kanila nang madalas, mahihirapan silang magpatuloy sa landas ng paniniwala sa Diyos. Kung hindi nila matatamasa ang kanilang naunang kaligayahan at kapayapaan o biyaya ng Diyos, mas malamang na sila ay umurong na. Ito ang pangalawang uri ng tao: ang taong nabubuhay sa yugto ng sanggol na pinasususo.

Pangatlong Uri: Ang Yugto ng Sanggol na Nagsisimula nang Kumain o ang Yugto ng Pagiging Batang Musmos

Ang grupong ito ng mga tao ay nagtataglay ng ilang malinaw na kamalayan. Ang mga taong ito ay may kamalayan na ang pagtamasa sa biyaya ng Diyos ay hindi nangangahulugan na nagtataglay sila mismo ng tunay na karanasan; alam nila na kung hindi sila mapapagod sa paghahanap ng kaligayahan at kapayapaan, ng paghahangad ng biyaya, o kung makapagpapatotoo sila sa pamamagitan ng pagbabahagi ng kanilang mga karanasan sa pagtamasa sa biyaya ng Diyos o sa pamamagitan ng pagpupuri sa Diyos para sa mga pagpapala na ipinagkaloob Niya sa kanila, ang mga bagay na ito ay hindi nangangahulugan na nagtataglay sila ng buhay, ni nangangahulugan na taglay nila ang realidad ng katotohanan. Simula nang sila ay nagkamalay, itinitigil nila ang pag-asa nang labis na sila ay sasamahan lamang ng biyaya ng Diyos; sa halip, habang tinatamasa nila ang biyaya ng Diyos, kasabay nilang hinahangad na may gawin para sa Diyos; handa silang isagawa ang kanilang tungkulin, na magtiis ng kaunting hirap at kapaguran, na magkaroon ng kaunting pakikipagtulungan sa Diyos. Ngunit, dahil ang pagsusumikap nila sa kanilang paniniwala sa Diyos ay sobrang may halo, dahil ang pansariling mga intensyon at hangarin na kanilang kinikimkim ay sobrang malakas, dahil ang kanilang disposisyon ay sobrang mayabang, napakahirap para sa kanila na tuparin ang hangarin ng Diyos o maging tapat sa Diyos. Samakatuwid, madalas nilang hindi natutupad ang kanilang pansariling mga kagustuhan o tinutupad ang kanilang mga pangako sa Diyos. Madalas nilang masumpungan ang kanilang mga sarili sa mga salungat na kalagayan: Gustong-gusto nilang bigyang kasiyahan ang Diyos sa pinakamataas na antas na maaari, ngunit ginagamit nila ang lahat ng kanilang lakas upang kalabanin Siya,

at madalas silang mangako sa Diyos ngunit madali ring sirain ang kanilang mga pangako. Lalong madalas na nakikita nila ang kanilang mga sarili sa iba pang salungat na kalagayan: Taos puso silang naniniwala sa Diyos, ngunit Siya at lahat ng bagay na nagmumula sa Kanya ay ikinakaila nila; balisa silang umaasa na bibigyang-liwanag sila ng Diyos, aakayin sila, tutustusan sila, at tutulungan sila, ngunit ang sarili pa rin nilang pamamaraan ang sinusunod. Nais nilang unawain at kilalanin ang Diyos, ngunit hindi nila nais na lumapit sa Kanya. Sa halip, lagi nilang iniwasan ang Diyos at sarado ang kanilang puso sa Kanya. Bagaman mayroon silang mababaw na pagkaunawa at karanasan sa literal na kahulugan ng mga salita ng Diyos at ng katotohanan, at isang mababaw na konsepto ng Diyos at katotohanan, sa kawalang malay ay hindi pa rin nila mapagtibay o matiyak kung ang Diyos ang katotohanan, ni hindi nila mapagtibay kung ang Diyos ay talagang matuwid. Hindi rin nila matiyak ang pagiging totoo ng diwa at disposisyon ng Diyos, mas lalo na ang Kanyang tunay na pag-iral. Ang kanilang paniniwala sa Diyos ay laging may kaakibat na mga pag-aalinlangan at hindi pagkakaunawa, at mayroon ding mga pantasya at mga kuru-kuro. Habang tinatamasa nila ang biyaya ng Diyos, nag-aatubili rin silang danasin o isagawa ang ilang katotohanan na kanilang itinuturing na maaaring gawin upang pagyamanin ang kanilang paniniwala, upang madagdagan ang kanilang karanasan sa paniniwala sa Diyos, upang patunayan ang kanilang pagkaunawa sa paniniwala sa Diyos, upang bigyang-kasiyahan ang kanilang banidad sa pamamagitan ng paglalakad sa landas ng buhay na sila mismo ang nagtatag at pagsasakatuparan ng isang matuwid na pakikipagsapalaran para sa sangkatauhan. Gayundin, ginagawa rin nila ang mga bagay na ito upang matupad ang kanilang sariling hangarin na magkamit ng mga pagpapala, na bahagi ng isang pagpusta na ginawa nila sa pag-asang makatatanggap pa ng mas maraming pagpapala para sa sangkatauhan, at upang maisakatuparan ang kanilang mapaghangad na mithiin at panghabang-buhay na hangarin na huwag magpahinga hanggang sa makamit nila ang Diyos. Ang mga taong ito ay bihirang makatamo ng kaliwanagan ng Diyos, sapagkat ang kanilang hangarin at ang kanilang intensyon na makatamo ng mga pagpapala ay napakahalaga sa kanila. Wala silang hangarin na isuko ito, at hindi nga nila ito kayang gawin. Natatakot sila na kapag wala ang paghahangad na magkamit ng mga pagpapala, kung wala ang matagal nang itinatanging mithiin na hindi pagpapahinga hangga't hindi nila nakakamit ang Diyos, mawawala nila ang kanilang motibasyon na maniwala sa Diyos. Samakatuwid, hindi nila nais na harapin ang realidad. Hindi nila nais na harapin ang mga salita ng Diyos o ang gawain ng Diyos. Hindi nila nais na harapin ang diwa o disposisyon ng Diyos, mas lalo na ang banggitin ang paksa ng pagkakilala sa Diyos. Ito ay dahil sa sandaling ang Diyos, Kanyang diwa, at Kanyang matuwid na disposisyon ay palitan ang kanilang mga pantasya, ang kanilang mga pangarap ay maglalahong parang usok, at ang kanilang tinatawag na dalisay na pananampalataya at “mga merito” na naipon sa maraming taon ng maingat na paggawa ay maglalaho at mauuwi sa wala. Gayon din naman, ang kanilang “teritoryo” na kanilang nilupig sa pamamagitan ng kanilang dugo at pawis sa

maraming taon ay haharap sa pagbagsak. Magpapahiwatig ang lahat ng ito na ang kanilang maraming taon ng pagsusumikap at pagpupunyagi ay walang saysay, at na kailangan nilang magsimulang muli sa wala. Ito ang pinakamatinding kirot na kanilang papasanin sa kanilang mga puso, at ito ang bunga na pinakaayaw nilang makita, kung kaya lagi silang nakakulong sa ganitong uri ng kalagayang wala nang magawa, tumatangging bumalik muli. Ito ang pangatlong uri ng tao: ang taong nasa yugto ng sanggol na nagsisimula nang kumain.

Ang tatlong uri ng mga tao na inilarawan sa itaas—sa madaling salita, ang mga taong nabubuhay sa tatlong yugtong ito—ay hindi nagtataglay ng anumang tunay na paniniwala sa pagkakakilanlan at katayuan ng Diyos o sa Kanyang matuwid na disposisyon, at ni wala silang anumang malinaw at tumpak na pagkilala o pagpapatunay sa mga bagay na ito. Samakatuwid, napakahirap para sa tatlong uri ng mga taong ito na pumasok sa realidad ng katotohanan, at napakahirap din para sa kanila na tanggapin ang awa ng Diyos, kaliwanagan o pagpapalinaw sapagkat ang pamamaraan ng kanilang paniniwala sa Diyos at ang kanilang maling saloobin tungo sa Diyos ay ginagawang imposible para sa Kanya na makapagsagawa sa kanilang mga puso. Ang kanilang mga pag-aalinlangan, mga maling pagkakaintindi at mga pantasya patungkol sa Diyos ay lumalagpas sa kanilang paniniwala at kaalaman tungkol sa Diyos. Ito ang tatlong uri ng mga tao na nasa malaking panganib, at ang mga ito ang tatlong lubhang mapanganib na mga yugto. Kapag pinanatili ng isang tao ang isang saloobin ng pag-aalinlangan sa Diyos, sa diwa ng Diyos, sa pagkakakilanlan ng Diyos, ang usapin tungkol sa kung ang Diyos ang katotohanan at ang pagiging totoo ng Kanyang pag-iral, at kapag ang isang tao ay hindi nakatitiyak sa mga bagay na ito, paano matatanggap ng ninuman ang lahat ng bagay na nagmumula sa Diyos? Paano matatanggap ng ninuman ang katunayan na ang Diyos ang katotohanan, ang daan at ang buhay? Paano matatanggap ng ninuman ang pagkastigo at paghatol ng Diyos? Paano matatanggap ng ninuman ang pagliligtas ng Diyos? Paano makakamtan ng ganitong uri ng tao ang tunay na paggabay at pagtustos ng Diyos? Ang mga nasa tatlong yugtong ito ay kayang labanan ang Diyos, husgahan ang Diyos, lapastanganin ang Diyos o ipagkanulo ang Diyos sa anumang oras. Makakaya nilang talikuran ang tunay na daan at ipagkanulo ang Diyos sa anumang oras. Masasabi ng sinuman na ang mga tao sa tatlong yugtong ito ay nabubuhay sa isang kritikal na panahon, sapagkat hindi sila nakapasok sa tamang landas ng paniniwala sa Diyos.

Pang-apat na Uri: Ang Yugto ng Pagiging Ganap na Bata, o ang Pagkabata

Pagkatapos maawat sa pagsuso ang isang tao—iyon ay, kapag natamasa na nila ang sapat na dami ng biyaya—nagsisimula na silang magsiyasat kung ano ang ibig sabihin ng maniwala sa Diyos, nagsisimula silang naisin na maunawaan ang iba't ibang tanong, tulad ng bakit nabubuhay ang tao, paano dapat mamuhay ang tao, at bakit isinasagawa ng Diyos ang Kanyang gawain sa tao. Kapag lumilitaw at umiiral sa kanilang kalooban ang mga hindi malinaw na kaisipan at mga nakalilitong proseso ng pag-iisip,

patuloy silang nakatatanggap ng pagdidilig at nagagampanan din nila ang kanilang tungkulin. Sa panahong ito, wala na silang anumang mga pag-aalinlangan tungkol sa pagiging totoo ng pag-iral ng Diyos, at may wasto na silang pagkakaunawa sa kung ano ang kahulugan ng maniwala sa Diyos. Sa ibabaw ng pundasyong ito, unti-unti silang nakatatamo ng kaalaman tungkol sa Diyos, at unti-unti silang nagkakamit ng ilang kasagutan sa kanilang hindi malinaw na kaisipan at nakalilitong mga proseso ng pag-iisip tungkol sa diwa at disposisyon ng Diyos. Tungkol sa kanilang mga pagbabago sa disposisyon at gayon din sa kanilang kaalaman sa Diyos, ang mga tao sa yugtong ito ay nagsisimulang tumuntong sa tamang landas, at pumasok sa isang panahon ng pagbabago. Sa loob ng yugtong ito nagsisimulang magkabuhay ang mga tao. Ang malinaw na mga tanda ng pagkakaroon ng buhay ay ang unti-unting pagkakasagot sa iba't ibang mga katanungan na may kaugnayan sa pagkakilala sa Diyos na nasa puso ng mga tao—tulad ng mga hindi pagkakaunawaan, mga pantasya, mga kuru-kuro, at mga malalabong pakahulugan sa Diyos—at hindi lamang nila lubos na pinaniniwalaan at nakikilala ang pagiging totoo ng pag-iral ng Diyos, kundi nagkakaroon din sila ng isang tumpak na pakahulugan sa Diyos at tinataglay ang tamang lugar para sa Diyos sa kanilang mga puso, at ang tunay na pagsunod sa Diyos ay pumapalit sa kanilang malabong pananampalataya. Sa yugtong ito, unti-unting nababatid ng mga tao ang kanilang mga maling pagkakaintindi sa Diyos at ang kanilang mga maling hangarin at mga pamamaraan ng paniniwala. Nagsisimula na silang manabik sa katotohanan, manabik na maranasan ang paghatol, pagtutuwid, at disiplina ng Diyos, manabik sa pagbabago ng kanilang disposisyon. Unti-unti nilang iniwan ang lahat ng uri ng kuru-kuro at mga pantasya tungkol sa Diyos sa yugtong ito; gayundin, binabago nila at itinatama ang kanilang maling kaalaman tungkol sa Diyos at tinatamo ang ilang tamang pangunahing kaalaman tungkol sa Diyos. Bagaman isang bahagi ng kaalamang taglay ng mga tao sa yugtong ito ang hindi gaanong tiyak o tumpak, kahit papaano ay unti-unti nilang sinisimulang iwan ang kanilang mga kuru-kuro, maling kaalaman, at mga maling pagkaunawa tungkol sa Diyos; hindi na nila pinananatili ang kanilang mga sariling kuru-kuro at mga imahinasyon tungkol sa Diyos. Nagsisimula silang matutuhan kung paano iwanan—iwanan ang mga bagay na makikita sa kanilang mga sariling kuru-kuro, mga bagay mula sa kaalaman, at mga bagay mula kay Satanas; nagsisimula silang maging handang magpasakop sa mga bagay na tama at positibo, maging sa mga bagay na nagmumula sa mga salita ng Diyos at alinsunod sa katotohanan. Nagsisimula na rin silang subukang danasin ang mga salita ng Diyos, personal na alamin at isakatuparan ang Kanyang mga salita, tanggapin ang Kanyang mga salita bilang mga prinsipyo ng kanilang mga pagkilos at bilang batayan ng pagbabago ng kanilang disposisyon. Sa panahong ito, walang kamalay-malay na tinatanggap ng mga tao ang paghatol at pagkastigo ng Diyos, at walang kamalay-malay na tinatanggap ang mga salita ng Diyos bilang kanilang buhay. Habang tinatanggap nila ang paghatol, pagkastigo, at mga salita ng Diyos, lalo silang nagkakamalay at lalo nilang nararamdaman na ang Diyos na kanilang pinaniniwalaan sa kanilang mga puso ay tunay

na umiiral. Sa mga salita ng Diyos, sa kanilang mga karanasan at sa kanilang mga buhay, lalo nilang nararamdaman na ang Diyos ay noon pa man laging pumapatnubay sa kapalaran ng tao, at laging umaakay at tumutustos sa tao. Sa pamamagitan ng kanilang pakikiugnay sa Diyos, unti-unti nilang nakukumpirma ang pag-iral ng Diyos. Samakatuwid, bago nila ito mapagtanto, hindi nila namalayan na pinagtibay na nila at sinimulang buong tatag na maniwala sa gawain ng Diyos at pinagtibay ang mga salita ng Diyos. Sa sandaling pagtibayin ng mga tao ang mga salita at gawain ng Diyos, walang tigil na nilang itatanggi ang kanilang mga sarili, itatanggi ang kanilang mga sariling kuru-kuro, itatanggi ang kanilang sariling kaalaman, itatanggi ang kanilang sariling mga imahinasyon, at gayundin, walang tigil na hahanapin kung ano ang katotohanan at kung ano ang kalooban ng Diyos. Ang pagkakilala ng mga tao sa Diyos ay medyo mababaw sa panahong ito ng pag-unlad—ni hindi nila maipaliwanag nang malinaw ang kaalamang ito gamit ang mga salita, ni magagawang ipahayag ito nang partikular—at mayroon lamang silang pagkaunawang nakabatay sa pandama; ngunit kung itatabi sa tatlong naunang mga yugto, ang hindi pa ganap na buhay ng mga tao sa panahong ito ay nakatanggap na ng pagdidilig at panustos ng mga salita ng Diyos, at kaya nagsimula nang tumubo. Ang mga buhay nila ay katulad ng isang binhi na ibinaon sa lupa; pagkatapos makakuha ng kaunting tubig at mga sustansya, lumusot na ito mula sa ilalim ng lupa; ang pagtubo nito ay kakatawan sa pagsilang ng isang bagong buhay. Ang pagsilang na ito ay nagpapahintulot na masulyapan ng isang tao ang mga palatandaan ng buhay. Kapag may buhay ang tao, lalago sila. Samakatuwid, sa ibabaw ng mga pundasyong ito—unti-unti silang tumutungo sa tamang landas ng paniniwala sa Diyos, iniwan ang kanilang mga sariling kuru-kuro, nakakamit ang patnubay ng Diyos—ang buhay ng mga tao ay tiyak na lalago nang paunti-unti. Sa anong basehan sinusukat ang paglagong ito? Nasusukat ito ayon sa karanasan ng isang tao sa mga salita ng Diyos at sa kanyang tunay na pagkaunawa sa matuwid na disposisyon ng Diyos. Bagaman napakahirap para sa kanila na gamitin ang kanilang sariling mga salita upang mailarawan nang wasto ang kanilang kaalaman tungkol sa Diyos at sa Kanyang diwa sa panahong ito ng paglago, ang grupong ito ng mga tao ay hindi na handang maghangad ng kasiyahan sa pamamagitan ng pagtamasa sa biyaya ng Diyos, o maniwala sa Diyos upang maipagpatuloy ang kanilang sariling layunin na makamit ang Kanyang biyaya. Sa halip, handa silang pagsumikapan ang pamumuhay na sumusunod sa salita ng Diyos at magpasailalim sa pagliligtas ng Diyos. Dagdag pa rito, tiwala at handa silang tanggapin ang paghatol at pagtutuwid ng Diyos. Ito ang palatandaan ng isang taong nasa yugto ng paglago.

Bagaman ang mga tao sa yugtong ito ay may kaunting kaalaman tungkol sa matuwid na disposisyon ng Diyos, ang kaalamang ito ay napakalabo at hindi malinaw. Bagaman hindi nila maipaliwanag ang mga bagay na ito nang malinaw, pakiramdam nila ay may natamo na silang panloob, dahil nagkaroon na sila ng kaunting kaalaman at pagkaunawa sa matuwid na disposisyon ng Diyos sa pamamagitan ng pagkastigo at

paghatol ng Diyos. Gayunman, lahat ito ay medyo mababaw, at nasa panimulang yugto pa lamang ito. Ang grupong ito ng mga tao ay may tiyak na pananaw na kanilang ipinakikitungo sa biyaya ng Diyos, na naipahahayag sa pagbabago ng mga layunin na kanilang sinisikap na matamo at sa paraan kung paano nila sinisikap na matamo ang mga ito. Nakita na nila sa mga salita at gawain ng Diyos, sa lahat ng uri ng Kanyang hinihingi sa tao at sa Kanyang mga pahayag tungkol sa tao, na kung hindi nila patuloy na hahanapin ang katotohanan, kung hindi pa rin nila patuloy na sisikaping pumasok sa realidad, kung hindi pa rin nila patuloy na sisikaping bigyang-lugod at kilalanin ang Diyos habang dinaranas nila ang Kanyang mga salita, mawawala nila ang kahulugan ng paniniwala sa Diyos. Nakikita nila na kahit gaano nila tamasahin ang biyaya ng Diyos, hindi nila mababago ang kanilang disposisyon, mabibigyang kasiyahan o makikilala ang Diyos, at kung patuloy na mabubuhay ang mga tao sa ilalim ng biyaya ng Diyos, hindi sila magtatamo ng paglago kailanman, magkakamit ng buhay o makatatanggap ng kaligtasan. Bilang pagbubuod, kapag hindi tunay na nararanasan ng isang tao ang mga salita ng Diyos at hindi nakikilala ang Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga salita, walang hanggan siyang mananatili sa yugto ng pagiging isang sanggol, at hindi kailanman makagagawa ng kahit isang hakbang pasulong sa paglago ng kanilang buhay. Kung mananatili ka magpakailanman sa yugto ng isang sanggol, kung hindi ka kailanman papasok sa realidad ng salita ng Diyos, kung hindi mo kailanman isinasabuhay ang salita ng Diyos, kung hindi ka kailanman nagtaglay ng tunay na paniniwala at kaalaman sa Diyos, mayroon pa kayang posibilidad na gawin kang ganap ng Diyos? Kaya, ang sinumang pumasok sa realidad ng salita ng Diyos, ang sinumang magsimulang tumanggap sa salita ng Diyos bilang kanilang buhay, sinumang magsimulang tanggapin ang pagkastigo at paghatol ng Diyos, sinumang ang tiwaling disposisyon ay nagsimulang magbago, at sinumang may puso na nananabik sa katotohanan, na may pagnanais na makilala ang Diyos at pagnanais na tanggapin ang pagliligtas ng Diyos—ang mga taong ito ang tunay na nagtataglay ng buhay. Ito ang tunay na pang-apat na uri ng tao, ang pagiging ganap na bata, ang tao na nasa yugto ng pagkabata.

Panlimang Uri: Ang Yugto ng Ganap na Buhay, o ang Yugto ng Pagiging Matanda

Matapos maranasan at humakbang-hakbang sa yugto ng pagkabata, isang yugto ng paglago na puno nang paulit-ulit na tagumpay at kabiguan, ang buhay ng mga tao ay naging matatag, hindi na pahinto-hinto ang kanilang pagsulong, at wala nang sinumang nakahahadlang sa kanila. Bagaman ang daan pasulong ay mabato at baku-bako pa rin, hindi na sila mahihina o matatakutin; hindi na sila nangangapa sa hinaharap o nawawala ang kanilang tindig. Ang kanilang mga pundasyon ay nag-ugat na nang malalim sa tunay na karanasan sa salita ng Diyos, at ang kanilang mga puso ay nahila na ng karangalan at kadakilaan ng Diyos. Nananabik silang sundan ang mga yapak ng Diyos, na alamin ang diwa ng Diyos, na alamin ang lahat tungkol sa Diyos.

Ang mga tao sa yugtong ito ay malinaw nang nalalaman kung sino ang kanilang pinaniniwalaan, at malinaw na nilang nalalaman kung bakit dapat silang maniwala sa Diyos at sa kahulugan ng kani-kanilang mga sariling buhay; malinaw nilang nalalaman na lahat ng bagay na inihahayag ng Diyos ay ang katotohanan. Sa maraming taon ng kanilang karanasan, napagtatanto nila na kung wala ang paghatol at pagkastigo ng Diyos, hindi kailanman magagawa ng sinuman na bigyang-lugod o makilala ang Diyos at hindi kailanman tunay na makahaharap sa Diyos. Sa loob ng puso ng mga taong ito ay may masidhing pagnanais na subukin sila ng Diyos, upang makita nila ang matuwid na disposisyon ng Diyos habang sinusubok sila, at upang magtamo ng isang mas dalisay na pag-ibig, at gayundin, upang lalong tunay na maunawaan at makilala ang Diyos. Ang mga tao sa yugtong ito ay lubos nang nakapagpaalam sa yugto ng pagiging sanggol at sa yugto ng pagtamasa sa biyaya ng Diyos at pagpapakabusog sa tinapay. Hindi na sila naglalagay ng labis-labis na pag-asa na magpaparaya ang Diyos at magpapakita ng awa sa kanila; sa halip, palagay ang loob nila na tumanggap at umasa para sa walang tigil na pagkastigo at paghatol ng Diyos, upang ihiwalay ang kanilang mga sarili mula sa kanilang tiwaling disposisyon at bigyang kasiyahan ang Diyos. Ang kanilang kaalaman tungkol sa Diyos at ang kanilang mga hangarin, o ang panghuling mga tunguhin ng kanilang mga pagsusumikap ay maliwanag lahat sa kanilang mga puso. Samakatuwid, ang mga tao sa yugto ng matanda ay ganap nang nakapagpaalam sa yugto ng malabong pananampalataya, sa yugto kung saan umaasa sila sa biyaya para sa kaligtasan, sa yugto ng wala sa gulang na buhay na hindi makatatagal sa mga pagsubok, sa yugto ng pagiging malabo, sa yugto ng pangangapa, sa yugto ng madalas na kawalan ng landas na lalakaran, sa hindi matatag na panahon ng pagsasalitan sa pagitan ng biglaang init at lamig, at sa yugto kung saan ang isang tao ay sumusunod sa Diyos nang nakatakip ang mga mata. Ang ganitong uri ng tao ang madalas makatanggap ng kaliwanagan at pagpapalinaw ng Diyos, at madalas na tunay na nakikipag-ugnay at nakikipag-usap sa Diyos. Masasabi na ang mga taong nabubuhay sa yugtong ito ay may naunawaan nang bahagi ng kalooban ng Diyos, na nagagawa na nilang mahanap ang mga prinsipyo ng katotohanan sa lahat ng bagay na kanilang ginagawa, at alam nila kung paano tutuparin ang mithiin ng Diyos. Bukod pa rito, natagpuan na rin nila ang landas patungo sa pagkakilala sa Diyos at nagsimula nang magpatotoo sa kanilang kaalaman tungkol sa Diyos. Habang nasa proseso ng unti-unting paglago, nagtatamo sila ng unti-unting pagkaunawa at kaalaman tungkol sa kalooban ng Diyos: sa kalooban ng Diyos sa paglikha sa sangkatauhan, at sa kalooban ng Diyos sa pamamahala ng sangkatauhan. Unti-unti rin silang nagkakamit ng pagkaunawa at kaalaman tungkol sa matuwid na disposisyon ng Diyos ayon sa diwa. Walang pantaong kuru-kuro o pantasya ang makapapalit sa kaalamang ito. Bagaman hindi masasabi ninuman na sa panlimang yugto ganap na nagkakagulang ang buhay ng isang tao o na ang taong ito ay matuwid o ganap, ang uri ng taong ito gayunman ay nakahakbang na patungo sa yugto ng pagiging ganap sa buhay at kaya nang humarap sa Diyos, na tumayo nang harapan sa

salita ng Diyos at sa Diyos. Sapagkat ang ganitong uri ng tao ay nakaranas na ng maraming salita ng Diyos, nakaranas na ng di-mabilang na mga pagsubok at nakaranas ng di-mabilang na mga halimbawa ng disiplina, paghatol at pagkastigo mula sa Diyos, ang kanilang pagpapasakop sa Diyos ay hindi kanya-kanya, kundi ganap. Ang kanilang kaalaman tungkol sa Diyos ay nagbago na mula sa kawalang-malay tungo sa malinaw at tiyak na kaalaman, mula sa mababaw tungo sa malalim, mula sa malabo at magulo tungo sa mabusisi at kongkreto. Nakausad na sila mula sa mahirap na pagkakapa-kapa at pasibong paghahanap tungo sa walang kahirap-hirap na kaalaman at maagap na pagpapatotoo. Maaaring sabihin na ang mga tao sa yugtong ito ay nagtataglay na ng realidad ng katotohanan ng salita ng Diyos, na nakatuntong na sila sa landas ng pagiging perpekto na katulad ng landas na nilakaran ni Pedro. Ito ang panlimang uri ng tao, ang nabubuhay sa isang kalagayan ng pagiging ganap—ang yugto ng pagiging matanda.

Disyembre 14, 2013

Ang Diyos Mismo, ang Natatangi III

Ang Awtoridad ng Diyos (II)

Ngayong araw ay ipagpapatuloy natin ang ating pagbabahagi tungkol sa paksang “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi.” Nagkaroon na tayo ng dalawang pagbabahagi sa paksang ito, ang una ay tungkol sa awtoridad ng Diyos, at ang ikalawa ay tungkol sa matuwid na disposisyon ng Diyos. Pagkaraang pakinggan ang dalawang pagbabahaging ito, nagkaroon ba kayo ng bagong pag-unawa sa pagkakakilanlan, katayuan, at diwa ng Diyos? Nakatulong ba ang mga kabatirang ito upang magtamo kayo ng higit na mahahalagang kaalaman at katiyakan sa katotohanan ng pag-iral ng Diyos? Ngayong araw ay balak Kong palawakin ang paksang “awtoridad ng Diyos.”

Pag-unawa sa Awtoridad ng Diyos Mula sa Pangmalawakan at Pangmaliitang mga Pananaw

Natatangi ang awtoridad ng Diyos. Ito ang partikular na pagpapahayag at espesyal na diwa ng pagkakakilanlan ng Diyos Mismo, na hindi tinataglay ng alinmang nilalang o di-nilalang; tanging ang Lumikha lamang ang nagtataglay ng ganitong uri ng awtoridad. Ibig sabihin, tanging ang Lumikha lamang—ang Diyos na Natatangi—ang naipapahayag sa ganitong paraan at may ganitong diwa. Kaya’t bakit dapat nating pag-usapan ang awtoridad ng Diyos? Paano naiiba ang awtoridad ng Diyos Mismo sa “awtoridad” na binuo ng tao sa kanyang isip? Ano ang natatangi tungkol dito? Bakit lubhang napakahalaga na pag-usapan ito rito? Dapat maingat na isaalang-alang ng bawat isa sa inyo ang usaping ito. Para sa maraming tao, isang malabong ideya ang “awtoridad ng Diyos,” isang bagay na nangangailangan ng napakaraming pagsisikap upang maunawaan, at ang anumang talakayan tungkol dito ay malamang na maging napakahirap unawain. Samakatuwid, walang pagsalang magkakaroon ng agwat sa pagitan ng kaalaman tungkol sa awtoridad ng Diyos na kayang taglayin ng tao at sa diwa ng awtoridad ng Diyos. Upang mapunan ang agwat na ito, dapat unti-unting makilala ng bawat isa ang awtoridad ng Diyos sa pamamagitan ng mga tao, pangyayari, bagay, at iba’t ibang di-karaniwang pangyayari na maaabot ng tao at nasasaklawan ng kanilang kakayahang maunawaan sa kanilang tunay na buhay. Bagama’t ang pariralang “awtoridad ng Diyos” ay tila hindi maarok, hindi naman talaga mahirap unawain ang awtoridad ng Diyos. Kasa-kasama Siya ng tao sa bawat minuto ng buhay nito at ginagabayan ito sa araw-araw. Kaya, sa tunay na buhay, tiyak na makikita at mararanasan ng bawat tao ang pinakakongkretoong aspeto ng awtoridad ng Diyos. Ang kongkretoong aspetong ito ay sapat nang katibayan na tunay na umiiral ang awtoridad ng Diyos, at ganap nitong pinahihintulutan ang tao na makilala at maunawaan ang katunayan na ang Diyos ay nag-aangkin ng ganitong awtoridad.

Nilikha ng Diyos ang lahat, at dahil nilikha Niya ang mga ito, may kapamahalaan Siya sa lahat ng bagay. Bukod sa pagkakaroon ng kapamahalaan sa lahat ng bagay,

Siya ang may kontrol sa lahat ng bagay. Ano ang ibig sabihin nito, ang ideya na “ang Diyos ang may kontrol sa lahat ng bagay”? Paano ito maipaliliwanag? Paano ito magagamit sa tunay na buhay? Paano mauuwi sa pagkaunawa sa Kanyang awtoridad ang pagkaunawa sa katunayan na ang Diyos ang may kontrol sa lahat ng bagay? Mula sa mismong pariralang “ang Diyos ang may kontrol sa lahat ng bagay,” dapat nating makita na ang kinokontrol ng Diyos ay hindi lamang isang bahagi ng mga planeta, o isang bahagi ng sangnilikha, lalong hindi ang isang bahagi ng sangkatauhan, kundi lahat ng bagay: mula sa pagkalaki-laki hanggang sa pagkaliit-liit, mula sa nakikita hanggang sa di-nakikita, mula sa mga bituin sa kosmos hanggang sa mga nabubuhay na bagay sa mundo, gayundin ang mga mikroorganismo na hindi nakikita ng mata lamang o mga nilalang na umiiral sa iba pang mga anyo. Ito ang tumpak na kahulugan ng “lahat ng bagay” na ang Diyos “ang may kontrol”; ito ang abot ng Kanyang awtoridad, ang saklaw ng Kanyang kataas-taasang kapangyarihan at pamumuno.

Bago nilikha ang sangkatauhang ito, umiiral na ang kosmos—ang lahat ng planeta at ang lahat ng bituin sa kalangitan. Sa malawakang antas, palagi ang umiikot ang mga pangkalangitang bagay na ito, sa ilalim ng kontrol ng Diyos, sa kabuuan ng pag-iral ng mga ito, gaano man karami ang mga nagdaang taon. Kung anong planeta ang pupunta sa kung saan sa kung anong tiyak na oras; kung anong planeta ang gagawa ng kung anong gawain, at kailan; kung anong planeta ang iikot sa kung anong orbit, at kung kailan ito maglalaho o mapapalitan—lahat ng bagay na ito ay nagpapatuloy nang walang bahagya mang pagkakamali. Ang mga posisyon ng mga planeta at ang mga agwat sa pagitan ng mga ito ay sumusunod sa mahigpit na mga disenyo, na mailalarawang lahat ng tumpak na mga datos; ang mga landas na tinatahak ng mga ito, ang bilis at mga disenyo ng mga orbit ng mga ito, ang mga panahon na ang mga ito ay nasa iba’t ibang posisyon—ang lahat ng ito ay makakayang bilangin nang tumpak at ilarawan ng mga natatanging batas. Sa loob ng napakahabang panahon, sumunod ang mga planetang ito sa mga batas na ito, nang walang bahagya mang paglihis. Walang kapangyarihan ang may kakayahang baguhin o gambalain ang mga landas o ang mga disenyong sinusundan ng mga ito. Sapagkat naitadhana na ng awtoridad ng Lumikha ang natatanging mga batas na namamahala sa galaw ng mga ito at ang tumpak na mga datos na naglalarawan sa mga ito, kusang sinusunod ng mga ito ang mga batas na ito, sa ilalim ng kataas-taasang kapangyarihan at kontrol ng Lumikha. Sa malawakang antas, hindi mahirap para sa tao ang matuklasan ang ilang disenyo, ilang datos, at ilang naiiba at di-maipaliwanag na mga batas o di-karaniwang kaganapan. Bagama’t hindi tinatanggap ng sangkatauhan na mayroong Diyos, o ang katunayan na ang Lumikha ang gumawa at may kapamahalaan sa lahat ng bagay, at bukod pa rito ay hindi kinikilala ang pag-iral ng awtoridad ng Lumikha, patuloy na higit pang natutuklasan ng mga siyentipiko, astronomo, at pisiko na ang pag-iral ng lahat ng bagay sa sansinukob, at ang mga prinsipyo at mga disenyo na nagtatakda ng mga pagkilos ng mga ito, ay pinamamahalaan at kinokontrol na lahat ng isang malawak at di-nakikitang madilim na

enerhiya. Ang katunayang ito ang pumipilit sa tao na harapin at kilalanin na may Isang Makapangyarihan sa gitna ng mga disenyong ito ng pagkilos, na nagsasaayos sa lahat ng bagay. Hindi pangkaraniwan ang Kanyang kapangyarihan, at bagama't walang sinuman ang nakakakita sa Kanyang tunay na mukha, Siya ang namamahala at kumukontrol sa lahat ng bagay sa bawat saglit. Walang tao o lakas ang may kakayahang lumampas sa Kanyang kataas-taasang kapangyarihan. Dahil nahaharap sa ganitong katunayan, dapat kilalanin ng tao na ang mga batas na namamahala sa pag-iral ng lahat ng bagay ay hindi makakayang kontrolin ng mga tao, hindi makakayang baguhin ninuman; dapat din niyang tanggapin na hindi makakayang ganap na unawain ng mga nilikhang tao ang mga batas na ito; at ang mga ito ay hindi likas na nangyayari, bagkus ay ipinag-uutos ng isang Kataas-taasang Kapangyarihan. Ang lahat ng ito ay pagpapahayag ng awtoridad ng Diyos na maaaring makita ng sangkatauhan sa malawakang antas.

Sa pangmaliitang antas, lahat ng bundok, ilog, lawa, dagat, at kalupaan na maaaring makita ng tao sa lupa, lahat ng nararanasan niyang panahon, lahat ng bagay na naninirahan sa mundo, kabilang na ang mga halaman, hayop, mikroorganismo, at mga tao, ay napaiilalim sa kataas-taasang kapangyarihan at kontrol ng Diyos. Sa ilalim ng kataas-taasang kapangyarihan at kontrol ng Diyos, lahat ng bagay ay nalilikha o naglalaho ayon sa Kanyang mga saloobin; lumilitaw ang mga batas na namamahala sa pag-iral ng mga ito, at lumalago at dumarami ang mga ito sa pagtalima sa mga batas na ito. Walang tao o bagay na hindi saklaw ng mga batas na ito. Bakit ganito? Ang tanging sagot ay ito: Ito ay dahil sa awtoridad ng Diyos. O, sa ibang salita, ito ay dahil sa mga saloobin ng Diyos at mga salita ng Diyos; dahil sa mga personal na pagkilos ng Diyos Mismo. Nangangahulugan ito na ang awtoridad ng Diyos at isip ng Diyos ang pinagmumulan ng mga batas na ito na nag-iiba at nagbabago ayon sa Kanyang mga saloobin, at ang mga pag-iiba at mga pagbabagong ito ay nagaganap o lumilipas lahat alang-alang sa Kanyang plano. Gamiting halimbawa ang mga epidemya. Kumakalat ang mga ito nang walang babala. Walang sinumang nakaaalam sa mga pinagmulan ng mga ito o sa tiyak na dahilan kung bakit nangyayari ang mga ito, at tuwing umaabot ang isang epidemya sa isang partikular na lugar, ang mga tiyak na mapapahamak ay hindi makatatakas sa sakuna. Nauunawaan ng agham ng tao na ang epidemya ay idinudulot ng paglaganap ng mga mabagsik at nakapipinsalang mikrobyo, at ang bilis, saklaw at paraan ng pagkalat ng mga ito ay hindi nahuhulaan o nakokontrol ng agham ng tao. Bagama't nilalabanan ng mga tao ang mga epidemya sa pamamagitan ng lahat ng posibleng paraan, hindi nila mapipigil kung aling mga tao o hayop ang di-maiiwasang maapektuhan kapag lumaganap ang mga epidemya. Ang tanging magagawa ng mga tao ay ang subukang hadlangan, labanan, at saliksikin ang mga ito. Subalit walang nakaaalam sa mga ugat na sanhi na magpapaliwanag sa simula o katapusan ng anumang epidemya, at walang sinumang makapipigil sa mga ito. Sa harap ng paglitaw at paglaganap ng isang epidemya, ang unang hakbang na isinasagawa ng mga tao ay

ang gumawa ng isang bakuna, ngunit kadalasang kusang nawawala ang epidemya bago pa maging handa ang bakuna. Bakit nawawala ang mga epidemya? Sinasabi ng ilan na nakontrol na ang mga mikrobyo, samantalang sinasabi ng iba na namatay ang mga ito dahil sa pagbabago ng panahon.... Kung mapaninindigan man ang mga ligaw na haka-hakang ito, ang agham ay hindi makapaghain ng paliwanag at hindi makapagbigay ng tiyak na sagot. Hindi dapat na maniwalang ang sangkatauhan sa mga ispekulasyong ito, gayundin sa kawalan ng pagkaunawa at takot sa mga epidemya ng sangkatauhan. Sa huling pagsusuri, walang sinumang nakaaalam kung bakit nagsisimula ang mga epidemya o kung bakit natatapos ang mga ito. Sapagkat nananalig lamang ang sangkatauhan sa agham, ganap na umaasa rito, at hindi kinikilala ang awtoridad ng Lumikha o tinatanggap ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan, kailanman ay wala silang matatamong sagot.

Sa ilalim ng dakilang kapangyarihan ng Diyos, ang lahat ng bagay ay isinisilang, nabubuhay, at namamatay dahil sa Kanyang awtoridad at sa Kanyang pamamahala. May ilang bagay na dumarating at umaalis nang tahimik, at hindi masasabi ng tao kung saan nanggaling ang mga ito o maunawaan ang mga disenyong sinusunod ng mga ito, lalong hindi maunawaan ang mga dahilan kung bakit dumarating at umaalis ang mga ito. Bagaman maaaring makita ng tao ng sarili niyang mata, ang lahat ng nangyayari sa lahat ng bagay, at maaaring marinig ito ng kanyang mga tenga, at maaaring maranasan ito ng kanyang katawan; bagaman may epekto ang lahat ng ito sa tao, at bagama't halos hindi namamalang inuunawa ng tao ang pagiging hindi pangkaraniwan, pagiging regular, o maging ang pagiging katak-taka ng iba't ibang pangyayari, wala pa rin siyang alam tungkol sa kalooban at isipan ng Lumikha na nasa likod ng mga ito. Maraming kuwento sa likod ng mga pangyayaring ito, maraming natatagong katotohanan. Dahil ang tao ay nalihis nang malayo mula sa Lumikha at dahil sa hindi niya tinatanggap ang katunayan na ang awtoridad ng Lumikha ang pamamahala sa lahat ng bagay, kailanman ay hindi niya malalaman at mauunawaan ang lahat ng nangyayari sa ilalim ng kataas-taasang kapangyarihan ng awtoridad ng Lumikha. Sa kalakhang bahagi, ang pagkontrol at kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos ay lumalampas sa mga hangganan ng imahinasyon ng tao, ng kaalaman ng tao, ng pagkaunawa ng tao, ng kayang makamit ng siyensiya ng tao; lumalampas ito sa kakayahan ng nilikhang sangkatauhan. May ilang tao ang nagsasabi, "Yamang hindi mo mismo nasaksihan ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, paano mo mapaniniwalaan na ang lahat ay nasa ilalim ng Kanyang awtoridad?" Ang pagkakita ay hindi palaging paniniwala; at hindi rin ito palaging pagkilala at pagkaunawa. Kaya saan nagmumula ang paniniwala? Masasabi Ko nang may katiyakan na ang paniniwala ay nagmumula sa antas at lalim ng pangamba ng tao, ng karanasan ng tao, sa realidad at ugat na mga dahilan ng mga bagay. Kung ikaw ay naniniwala na mayroong Diyos, ngunit hindi mo makilala, at mas lalong di-makita, ang katunayan ng pagkontrol ng Diyos at kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay, samakatuwid hindi mo kailanman kikilalanin sa puso mo na

ang Diyos ay may ganitong uri ng awtoridad at ang awtoridad ng Diyos ay natatangi. Kailanman ay hindi mo tunay na matatanggap ang Lumikha bilang iyong Panginoon at iyong Diyos.

Ang Kapalaran ng Sangkatauhan at ang Kapalaran ng Sansinukob ay Hindi Maihihiwalay Mula sa Kataas-taasang Kapangyarihan ng Lumikha

Kayong lahat ay nasa hustong gulang na. Ang ilan sa inyo ay nasa katanghaliang gulang; ang ilan ay nasa dapit-hapon na ng buhay. Naranasan niyo nang hindi maniwala sa Diyos hanggang sa maniwala kayo sa Kanya, at mula sa pagsisimulang maniwala sa Diyos tungo sa pagtanggap sa salita ng Diyos at pagdanas sa gawain ng Diyos. Gaano karaming kaalaman na ang nakamtan ninyo tungkol sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos? Anong mga kabatiran ang natamo ninyo tungkol sa kapalaran ng tao? Maaari bang makamit ng isang tao ang lahat ng kanyang mga inaasam sa buhay? Ilang bagay sa loob ng ilang dekada ng inyong buhay ang naisakatuparan na ninyo ayon sa inyong ninais? Ilang bagay ang nangyari nang hindi ninyo inaasahan? Ilang bagay ang dumarating bilang kaaya-ayang mga sorpresa? Ilang bagay ang hinihintay pa rin ng mga tao sa pag-asa na magbubunga ang mga ito—walang malay na hinihintay ang tamang sandali, inaantabayanan ang kalooban ng Langit? Ilang bagay ang dahilan para makaramdam ang mga tao na sila ay walang magawa at bigo? Ang bawat isa ay puno ng pag-asa tungkol sa kanilang tadhana, umaasa na ang lahat sa kanilang buhay ay aayon sa kanilang ninanais, na hindi sila mangangailangan ng pagkain o damit, na magkakaroon ng malaking pagbabago sa kanilang kapalaran. Walang sinuman ang nagnanais ng isang buhay ng karukhaan at pang-aapi, puno ng paghihirap, at dinadagsa ng mga kalamidad. Subalit hindi maaaring mahulaan o makontrol ng mga tao ang lahat ng ito. Marahil para sa iba, ang nakaraan ay isa lamang pagkakahalu-halo ng mga karanasan; hindi nila kailanman natutuhan kung ano ang kalooban ng Langit, ni wala silang pakialam kung ano ito. Namumuhay sila nang hindi nag-iisip, tulad ng mga hayop, nabubuhay sa araw-araw, walang pakialam tungkol sa kapalaran ng sangkatauhan o kung bakit buhay ang mga tao o kung paano sila dapat mamuhay. Ang mga taong ito ay tumatanda na walang natamong pagkaunawa tungkol sa tadhana ng tao, at hanggang sa sandali ng kanilang kamatayan ay wala silang ideya kung tungkol saan ang buhay. Ang mga taong tulad nito ay patay; sila ay mga nilalang na walang espiritu; sila ay mga hayop. Bagama't ang mga tao ay nabubuhay sa loob ng sangnilikha at kumukuha ng kasiyahan mula sa maraming paraang nabibigyang-kasiyahan ng mundo ang kanilang materyal na mga pangangailangan, at kahit na nakikita nilang patuloy na sumusulong ang materyal na mundong ito, gayunman ang kanilang sariling karanasan—kung ano ang nadarama at nararanasan ng kanilang mga puso at ng kanilang mga espiritu—ay walang kinalaman sa mga materyal na bagay, at walang anumang materyal ang maipapalit sa karanasan. Ang karanasan ay isang pagkilala sa kaibuturan ng puso ng tao, isang bagay na hindi maaaring makita ng mata lamang. Ang pagkilalang ito ay batay

sa pag-unawa at pananaw ng tao sa buhay at kapalaran ng tao. At madalas nitong dinadala ang tao sa pangamba na isinasaayos ng di-nakikitang Panginoon ang lahat ng bagay at pinangangasiwaan ang lahat ng bagay para sa tao. Sa gitna ng lahat ng ito, walang magagawa ang tao kundi ang tanggapin ang mga pagsasaayos at pangangasiwa ng kapalaran; walang magagawa ang tao kundi ang tanggapin ang landas na inilatag ng Lumikha, ang kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha sa kapalaran ng isang tao. Ito ay isang hindi maikakailang katunayan. Anuman ang kabatiran at saloobin ng isang tao tungkol sa kapalaran, walang makapagbabago sa katunayang ito.

Kung saan ka pupunta araw-araw, ano ang gagawin mo, sino o ano ang iyong makakatagpo, ano ang sasabihin mo, ano ang mangyayari sa iyo—maaari bang mahulaan ang alinman sa mga ito? Hindi maaaring mahulaan ng mga tao ang lahat ng pangyayaring ito, at lalong hindi nila makokontrol kung paano magaganap ang mga ito. Sa buhay, ang mga di-mahuhulaang pangyayaring ito ay nagaganap sa lahat ng oras; ang mga ito ay nangyayari araw-araw. Ang mga pang-araw-araw na pagbabago na ito at ang mga paraan kung paano nangyayari ang mga ito o ang mga disenyong sinusundan ng mga ito, ay palagiang pagpapaalala sa sangkatauhan na walang nangyayari nang sapalaran, na ang proseso ng bawat pangyayari, ang pagiging di-maiiwasan ng bawat pangyayari, ay hindi mababago ayon sa kagustuhan ng tao. Bawat pangyayari ay naghahatid ng isang paalala ng Lumikha sa sangkatauhan, at nagdadala rin ito ng mensahe na hindi maaaring makontrol ng mga tao ang kanilang sariling kapalaran. Ang bawat pangyayari ay isang pagsalungat sa padalus-dalos at walang-saysay na ambisyon at pagnanasa ng sangkatauhan na ilagay sa sarili nilang mga kamay ang kanilang kapalaran. Ang mga ito ay parang malalakas at sunud-sunod na sampal sa mukha ng sangkatauhan na pumipilit sa mga tao na isaalang-alang kung sino ang namamahala at kumokontrol sa kanilang kapalaran sa bandang huli. At habang ang kanilang mga ambisyon at mga pagnanais ay paulit-ulit na nahahadlangan at nadudurog, likas na humahantong ang mga tao sa walang-malay na pagtanggap sa kung ano ang inilaan ng kapalaran—isang pagtanggap sa realidad, sa kalooban ng Langit at sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha. Mula sa mga pang-araw-araw na pagbabagong ito hanggang sa mga kapalaran ng buong buhay ng mga tao, walang bagay na hindi nagbubunyag sa mga plano ng Lumikha at ng Kanyang kataas-taasang kapangyarihan; walang anumang hindi nagpapaabot ng mensahe na “ang awtoridad ng Lumikha ay hindi malalampasan,” na hindi nagpapahayag ng walang hanggang katotohanan na “ang awtoridad ng Lumikha ang pinakamataas.”

Ang mga kapalaran ng sangkatauhan at ng sansinukob ay malapit na nakaugnay sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, di-maihihiwalay sa mga pangangasiwa ng Lumikha; sa katapusan, ang mga ito ay hindi maaaring maihiwalay mula sa awtoridad ng Lumikha. Sa mga batas ng lahat ng bagay, nagsisimulang maunawaan ng tao ang mga pangangasiwa ng Lumikha at ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan; sa mga

patakarang ng pananatiling buhay ng lahat ng bagay ay nararamdaman niya ang pamamahala ng Lumikha; sa mga kapalaran ng lahat ng bagay siya nakakakuha ng mga konklusyon tungkol sa mga paraan ng Lumikha ng paggamit ng Kanyang kataas-taasang kapangyarihan at kontrol sa mga ito; at sa mga siklo ng buhay ng mga tao at ng lahat ng bagay, tunay na nararanasan ng tao ang pangangasiwa at pagsasaayos ng Lumikha sa lahat ng bagay at mga nabubuhay na nilalang, upang masaksihan kung paano nangingibabaw ang mga pangangasiwa at pagsasaayos na iyon sa lahat ng batas, patakarang, at institusyon sa lupa, at lahat ng iba pang kapangyarihan at puwersa. Dahil dito, napipilitan ang sangkatauhan na tanggapin na hindi maaaring labagin ng sinumang nilalang ang kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, na walang puwersa ang maaaring umagaw o bumago sa mga pangyayari at mga bagay na itinadhana ng Lumikha. Sa ilalim ng mga banal na batas at mga patakarang ito nabubuhay at nagpaparami ang mga tao at ang lahat ng bagay sa bawat salinlahi. Hindi ba ito ang tunay na sumasagisag sa awtoridad ng Lumikha? Bagaman nakikita ng tao, sa mga walang-kinikilingang batas, ang kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha at Kanyang pagtatadhana ng lahat ng pangyayari at lahat ng bagay, ilang tao ang nakauunawa sa prinsipyo ng kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha sa sansinukob? Ilang tao ang tunay na makakaalam, makakikilala, makatatanggap at magpapasakop sa kataas-taasang kapangyarihan at pagsasaayos ng Lumikha sa kanilang sariling kapalaran? Matapos maniwala sa katunayan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha sa lahat ng bagay, sino ang tunay na maniniwala at kikilala na idinidikta rin ng Lumikha ang kapalaran ng buhay ng tao? Sino ang tunay na makauunawa sa katunayan na ang kapalaran ng tao ay nakasalalay sa palad ng Lumikha? Anong uri ng saloobin ang dapat taglayin ng sangkatauhan hinggil sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, kapag naharap ito sa katunayan na pinamamahalaan at kinokontrol Niya ang kapalaran ng sangkatauhan? Iyan ay isang kapasyahan na dapat gawin ng bawat tao, na ngayon ay nahaharap sa katunayang ito, para sa kanyang sarili.

Ang Anim na Sugpungan sa Buhay ng Tao

Sa buhay ng tao, ang bawat isa ay nakararanas ng isang serye ng mahahalagang sugpungan. Ang mga ito ang pinakapangunahin at ang pinakamahalagang mga hakbang na tumutukoy sa kapalaran sa buhay ng isang tao. Ang mga sumusunod ay isang maikling paglalarawan ng mga sugpungang ito na dapat pagdaanan ng bawat tao sa kanyang buhay.

Ang Unang Sugpungan: Kapanganakan

Kung saan ipinanganak ang isang tao, sa anong pamilya siya ipinanganak, ang kanyang kasarian, hitsura, at oras ng kapanganakan—ang mga ito ay mga detalye ng unang sugpungan sa buhay ng isang tao.

Hindi makapipili ang sinuman hinggil sa ilang detalye ng sugpungang ito; ang lahat

ng ito ay matagal nang itinadhana ng Lumikha. Hindi naiimpluwensiyahan ang mga ito ng panlabas na kapaligiran sa anumang paraan, at walang mga bagay na ginawa ng tao ang maaaring makapagpabago sa mga katunayang ito, na itinakda ng Lumikha. Ang pagkapanganak sa isang tao ay nangangahulugang natupad na ng Lumikha ang unang hakbang ng kapalaran na Kanyang isinaayos para sa taong iyon. Dahil matagal na Niyang itinakda ang lahat ng detalyeng ito, walang sinuman ang may kapangyarihan na baguhin ang alinman sa mga ito. Maging ano pa man ang kalalabasan ng kapalaran ng isang tao, itinatadhana ang mga kondisyon ng kapanganakan ng isang tao, at nananatiling ganoon ang mga ito; ang mga ito ay hindi naiimpluwensiyahan sa anumang paraan ng kapalaran sa buhay ng isang tao, at hindi rin naaapektuhan ng mga ito sa anumang paraan ang kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha sa kapalaran sa buhay ng isang tao.

1) Isang Bagong Buhay ang Isinisilang Mula sa mga Plano ng Lumikha

Alin sa mga detalye ng unang sugpungan—ang lugar na sinilangan, pamilya, kasarian, pisikal na anyo, ang oras ng kapanganakan ng isang tao—ang maaaring piliin ng isang tao? Maliwanag na ang kapanganakan ng isang tao ay kusang nangyayari. Ang isang tao ay ipinapanganak nang hindi niya sinasadya, sa isang partikular na lugar, at sa isang partikular na oras, sa isang partikular na pamilya, na may partikular na pisikal na anyo; hindi sinasadya ng isang tao na maging miyembro ng isang partikular na sambahayan, na isang sanga ng isang partikular na lipi. Ang isang tao ay walang pagpipilian sa unang sugpungang ito ng buhay, kundi sa halip ay isinisilang sa isang itinalagang kapaligirang ayon sa mga plano ng Lumikha, sa isang partikular na pamilya, na may partikular na kasarian at hitsura, at sa partikular na oras na malapit na nakaugnay sa takbo ng buhay ng isang tao. Ano ang magagawa ng isang tao sa mahalagang sugpungang ito? Sa kabuuan, walang pagpipilian ang isang tao tungkol sa isa man sa mga detalyeng ito hinggil sa kanyang kapanganakan. Kung hindi dahil sa pagtatadhana ng Lumikha at sa Kanyang paggabay, hindi malalaman ng isang buhay na bagong silang sa mundong ito kung saan pupunta, o kung saan siya maninirahan, hindi siya magkakaroon ng mga ugnayan, hindi mapapabilang saanman, at walang magiging tunay na tahanan. Subalit dahil sa maingat na pagsasaayos ng Lumikha, ang bagong buhay na ito ay may lugar na matitirhan, mga magulang, isang lugar na kabibilangan, at mga kamag-anak, kaya ang buhay na iyon ay nagsisimula sa kanyang paglalakbay. Sa buong prosesong ito, natukoy na sa mga plano ng Lumikha ang pagdating ng bagong buhay na ito, at lahat ng aariin nito ay ibibigay sa kanya ng Lumikha. Mula sa isang lumulutang na katawan na walang anumang pag-aari, unti-unti itong nagiging laman at dugo, nakikita at nahahawakang nilalang na tao, isa sa mga nilikha ng Diyos, na nag-iisip, humihinga, at nakadarama ng init at lamig; na maaaring makibahagi sa lahat ng karaniwang gawain ng isang nilikha sa materyal na mundo; at daraan sa lahat ng bagay na dapat maranasan sa buhay ng isang nilikhang tao. Ang

nauna nang pagtatakda ng Lumikha sa kapanganakan ng isang tao ay nangangahulugan na Kanyang igagawad sa taong iyon ang lahat ng bagay na kinakailangan para patuloy na mabuhay; at gayundin, ang pagkakapanganak sa isang tao ay nangangahulugan na matatanggap niya mula sa Lumikha ang lahat ng bagay na kailangan para patuloy na mabuhay, at mula sa puntong iyon ay mabubuhay siya sa ibang kaanyuan, na ibinigay ng Lumikha at mapapasailalim sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha.

2) Bakit Isinisilang ang Iba't ibang Tao sa Iba't ibang Kalagayan

Kadalasan, gustong isipin ng mga tao na kung sila ay muling ipapanganak, ito ay sa isang tanyag na pamilya; na kung sila ay mga babae, magiging kamukha nila si Snow White at mamahalin sila ng lahat, at kung sila ay mga lalaki, sila ay magiging si Prince Charming, na walang anumang kinakailangan, na nakapagpapasunod sa buong mundo. Kadalasan ay may mga nasa ilalim ng maraming ilusyon tungkol sa kanilang kapanganakan at kadalasan ay hindi nasisiyahan dito, naghihinanakit sa kanilang pamilya, sa kanilang hitsura, sa kanilang kasarian, pati na rin sa oras ng kanilang kapanganakan. Subalit hindi kailanman nauunawaan ng mga tao kung bakit sila ipinanganak sa isang partikular na pamilya o kung bakit ganoon ang hitsura nila. Hindi nila alam na kahit saan sila ipinanganak o kung ano ang hitsura nila, gaganap sila ng iba't ibang papel at tutupad ng iba't ibang misyon sa pamamahala ng Lumikha, at ang layon na ito ay hindi kailanman magbabago. Sa mga mata ng Lumikha, ang lugar na sinilangan, ang kasarian, at ang pisikal na anyo ng isang tao ay pansamantalang lahat. Ang mga ito ay isang serye ng maliliit na tuldok, maliliit na simbolo sa bawat yugto ng Kanyang pamamahala sa buong sangkatauhan. At ang tunay na hantungan at kahirinatnan ng isang tao ay hindi napagpapasyahan ng kanyang kapanganakan sa anumang partikular na yugto, kundi ng misyon na kanyang tinutupad sa kanyang buhay, at ayon sa paghatol sa kanya ng Lumikha kapag kumpleto na ang Kanyang plano ng pamamahala.

Sinasabi na may sanhi ang bawat bunga, at na walang bunga kung walang sanhi. Kung kaya't talagang nakatali ang kapanganakan ng isang tao kapwa sa kasalukuyang buhay at sa nakaraang buhay niya. Kung winawakasan ng kamatayan ng isang tao ang kanyang kasalukuyang termino ng buhay, kung gayon ang kapanganakan ng isang tao ay ang simula ng isang bagong yugto; kung kinakatawan ng lumang siklo ang dating buhay ng isang tao, kung gayon natural lang na ang bagong siklo ang kanyang kasalukuyang buhay. Dahil nakaugnay ang kapanganakan ng isang tao sa kanyang buhay sa nakaraan at maging sa kasalukuyan, nangangahulugan ito na ang lugar, pamilya, kasarian, hitsura, at ang iba pang mga bagay na nauugnay sa kapanganakan ng isang tao ay marapat na may kaugnayang lahat sa nakaraan at kasalukuyang buhay ng isang tao. Nangangahulugan ito na ang mga bagay na may kinalaman sa kapanganakan ng isang tao ay hindi lamang naiimpluwensiyahan ng dating buhay ng isang tao, kundi pinagpapasyahan ng kapalaran ng isang tao sa kasalukuyang buhay, na dahilan ng iba't ibang uri ng sari-saring kalagayan kung saan naipapanganak ang

mga tao: Ang ilan ay ipinapanganak sa mahihirap na pamilya, ang iba ay sa mayayamang pamilya. Ang ilan ay sa pangkaraniwang angkan, samantalang ang iba ay sa tanyag na lahi. Ang ilan ay ipinapanganak sa timog, ang iba sa hilaga. Ang ilan ay ipinapanganak sa disyerto, ang iba sa mga luntiang lupain. Ang kapanganakan ng ilang tao ay may kasamang mga pagbubunyi, tawanan, at mga pagdiriwang; ang iba ay nagdadala ng mga luha, kalamidad at kapighatian. Ang ilan ay ipinapanganak upang pakaingat-ingatan, ang iba ay upang itapon na tulad ng mga panirang-damo. Ang ilan ay ipinapanganak nang may magagandang katangian, ang iba ay may mga depekto. Ang ilan ay magandang tingnan, ang iba ay pangit. Ang ilan ay ipinapanganak sa hatinggabi, ang iba ay sa ilalim ng tirik na araw sa tanghaling-tapat. ... Ang mga kapanganakan ng iba't ibang uri ng tao ay tinutukoy ng kanilang mga kapalaran na inihanda ng Lumikha para sa kanila; ang kanilang mga kapanganakan ang nagpapasya ng kanilang mga kapalaran sa kasalukuyang buhay nila gayundin sa mga papel na kanilang gagampanan at sa mga misyon na kanilang tutuparin. Ang lahat ng ito ay nasa ilalim ng kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, itinadhana Niya; walang sinuman ang makakatakas sa kanyang itinadhanang kapalaran, walang makakapagbago sa kanyang kapanganakan, at walang sinuman ang makakapili ng kanyang sariling kapalaran.

Ang Ikalawang Sugpungan: Paglaki

Depende sa uri ng pamilya kung saan sila ipinanganak, lumalaki ang mga tao sa iba't ibang pantahanang kapaligiran at natututo ng iba't ibang aral mula sa kanilang mga magulang. Ang mga salik na ito ang nagpapasya sa mga kalagayan kung saan nagkakaedad ang isang tao, at ang paglaki ay kumakatawan sa ikalawang mahalagang sugpungan ng buhay ng isang tao. Siyempre, hindi rin makapipili ang mga tao sa sugpungang ito. Naitakda na rin ito at nauna nang naisaayos.

1) Nagplano ang Lumikha ng mga Nakatakdang Kalagayang Kinalalakhan ng Bawat Tao

Hindi napipili ng isang tao ang mga tao, mga pangyayari, o mga bagay na nagpapalakas at umiimpluwensiya sa kanila habang lumalaki sila. Hindi mapipili ng isang tao kung anong kaalaman o kakayahan ang maaari niyang matamo at kung anong mga pag-uugali ang mahuhubog sa kanya. Hindi mapipili ng isang tao kung sino ang magiging mga magulang o mga kaanak niya, kung anong uri ng kapaligiran ang kalalakhan niya; ang mga ugnayan sa ibang mga tao, mga pangyayari, at mga bagay sa kanyang kapaligiran, at kung paano nakakaimpluwensiya ang mga ito sa kanyang pag-unlad, ay lampas na lahat sa kaya niyang kontrolin. Kung gayon, sino ang nagpapasya ng mga bagay na ito? Sino ang nagsasaayos ng mga ito? Yamang walang pagpipilian ang mga tao sa bagay na ito, yamang hindi nila maaaring pagpasyahan ang mga bagay na ito para sa kanilang mga sarili, at yamang malinaw na hindi natural na nabubuo ang mga ito, maliwanag na ang paghubog sa lahat ng mga tao, pangyayari, at bagay na ito ay nasa mga kamay ng Lumikha. Siyempre, tulad ng pagsasaayos ng

Lumikha sa mga partikular na kalagayan ng kapanganakan ng bawat tao, Kanya ring isinasaayos ang partikular na mga kalagayan na kinalalakhan ng isang tao. Kung ang kapanganakan ng isang tao ay nagdadala ng mga pagbabago sa mga tao, pangyayari, at bagay sa paligid niya, kung gayon ang paglago at pag-unlad ng naturang tao ay makakaapekto rin sa mga ito. Halimbawa, may ilang tao na ipinapanganak sa mahihirap na pamilya, subalit lumalaki na napapaligiran ng kayamanan; ang iba ay ipinapanganak sa mayayamang pamilya subalit nagiging sanhi ng pagbagsak ng mga kayamanan ng kanilang pamilya, kung kaya lumalaki sila sa mahihirap na kapaligiran. Walang kapanganakan ang napapamahalaan ng isang pirming tuntunin, at walang taong lumalaki sa ilalim ng isang di-maiiwasan at pirming hanay ng mga pangyayari. Ang mga ito ay hindi mga bagay na maaaring isipin o kontrolin ng isang tao; ang mga ito ay mga bunga ng kapalaran ng isang tao, at itinakda ng kapalaran niya. Siyempre, sa ugat ng mga ito, ang lahat ng ito ay nakabatay sa kapalarang itinakda ng Lumikha sa bawat tao; ang mga ito ay tinutukoy ng kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha sa kapalaran ng taong ito at sa Kanyang mga plano para rito.

2) Nagdudulot ang Iba't ibang Kalagayan na Kinalalakhan ng mga Tao ng Iba't ibang Papel na Ginagampanan

Ang mga kalagayan ng kapanganakan ng isang tao ang nagtatatag sa pangunahing antas ng kapaligiran at mga kalagayan na kinalalakhan niya, at ang mga kalagayang kinalalakhan niya ay bunga rin ng mga kalagayan ng kanyang kapanganakan. Sa panahong ito nagsisimulang matutuhan ng isang tao ang wika, at nagsisimulang makatagpo at matuto ang isip niya ng maraming bagong bagay, sa proseso kung saan siya ay patuloy na lumalago. Ang mga bagay na naririnig ng isang tao sa pamamagitan ng mga tainga niya, nakikita ng mga mata niya, at natututuhan ng kanyang isip ang unti-unting nagpapayaman at nagpapagalaw sa kanyang panloob na mundo. Ang mga tao, pangyayari, at bagay na nagkakaroon siya ng koneksyon; ang sentido kumon, kaalaman, at mga kasanayan na natututuhan niya, at ang mga paraan ng pag-iisip na nakakaimpluwensiya sa kanya, na naituro o naikintal sa kanya, ay gagabay at makakaimpluwensyang lahat sa kapalaran sa buhay ng isang tao. Ang wikang natutuhan ng isang tao habang lumalaki siya at ang paraan ng pag-iisip niya ay hindi maaaring ihiwalay mula sa kapaligiran kung saan ginugugol ng isang tao ang kanyang kabataan, at ang kapaligirang iyon ay binubuo ng mga magulang, kapatid, at iba pang mga tao, pangyayari, at bagay na nasa paligid niya. Kung kaya, ang takbo ng pag-unlad ng isang tao ay itinalaga ng kapaligiran na kinalalakhan niya, at nakasalalay rin sa mga tao, pangyayari, at bagay na nagkakaroon siya ng koneksyon sa kapanahunang ito. Yamang ang mga kondisyon kung saan lumalaki ang isang tao ay matagal nang naitalaga, ang kapaligiran kung saan siya nabubuhay sa panahon ng prosesong ito ay natural na naitalaga na rin. Hindi ito tinutukoy ng mga pinipili at mga kagustuhan ng isang tao, kundi naipapasya ayon sa mga plano ng Lumikha, tinutukoy ng maingat na pagsasaayos at

ng kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha sa kapalaran sa buhay ng isang tao. Kaya, ang mga taong nakakatagpo ng sinumang tao sa proseso ng kanyang paglaki, at ang mga bagay na nararanasan niya, ay likas na konektadong lahat sa mga pangangasiwa at pagsasaayos ng Lumikha. Hindi maaaring mahulaan ng mga tao ang mga ganitong uri ng masalimuot na mga ugnayan, o makontrol o maarok ang mga ito. Maraming iba't ibang bagay at maraming iba't ibang tao ang may impluwensya sa kapaligiran na kinalalakhan ng isang tao, at walang sinumang tao ang may kakayahang magsaayos o mangasiwa ng ganoong kalawak na sistema ng mga koneksyon. Walang tao o bagay maliban sa Lumikha ang makakakontrol sa hitsura ng lahat ng tao, sa mga pangyayari at bagay, at hindi rin nila kayang panatilihin ang mga ito o kontrolin ang pagkawala ng mga ito, at ito ay isa lamang malawak na sistema ng mga koneksyon na humuhubog sa pag-unlad ng isang tao ayon sa itinadhana ng Lumikha at nagtatatag ng iba't ibang kapaligiran na kinalalakhan ng mga tao. Ito ang lumilikha ng iba't ibang gagampanang papel na kailangan para sa gawain ng pamamahala ng Lumikha, na naglalalatag ng matatag at matitibay na saligan para matagumpay na matupad ang kanilang mga misyon.

Ang Ikatlong Sugpungan: Pagsasarili

Matapos dumaan ang isang tao sa pagiging bata at kabataan at unti-unti at di-maiiwasang marating ang kahustuhan ng pag-iisip, ang susunod na hakbang ay ang ganap na pamamaalam niya sa kanyang kabataan, pamamaalam niya sa kanyang mga magulang, at pagharap sa kinabukasan bilang isang nagsasariling may sapat na gulang. Sa puntong ito, kailangan niyang harapin ang lahat ng tao, pangyayari, at bagay na kailangang harapin ng isang taong may sapat na gulang, harapin ang lahat ng bahagi ng kanyang kapalaran na hindi magtatagal ay haharap sa kanya. Ito ang ikatlong sugpungan na kailangang mapagdaanan ng isang tao.

1) Matapos Makapagsarili, Nagsisimulang Maranasan ng Isang Tao ang Dakilang Kapangyarihan ng Lumikha

Kung ang kapanganakan at paglaki ay ang “panahon ng paghahanda” para sa paglalakbay sa buhay ng isang tao na naglalalatag ng mahalagang sandigan ng kapalaran ng isang tao, kung gayon ang pagsasarili ng isang tao ay ang pambungad na monologo sa kanyang kapalaran sa buhay. Kung ang kapanganakan at paglaki ng isang tao ay kayamanan na kanyang naimpok para sa kanyang kapalaran sa buhay, kung gayon ang pagsasarili ng isang tao ay kapag sinisimulan na niyang gastusin o dagdagan ang yamang iyon. Kapag ang isang tao ay nililisan ang kanyang mga magulang at nagsasarili, ang panlipunang mga kondisyon na kakaharapin niya, at ang uri ng trabaho o karera na makukuha niya ay kapwa iniaatas ng kapalaran at walang kinalaman sa kanyang mga magulang. May ilang tao na pumipili ng isang magandang kurso sa kolehiyo at pagkatapos ay nakakatagpo ng isang kasiya-siyang trabaho pagkaraang makapagtapos at gumagawa ng matagumpay na unang hakbang sa paglalakbay sa kanilang mga buhay. May ilang

tao na natututo at nagiging dalubhasa sa maraming iba't ibang kasanayan ngunit kailanman ay hindi makahanap ng trabaho na angkop sa kanila o hindi kailanman makahanap ng posisyon, lalo na ng isang karera; sa simula ng kanilang paglalakbay sa buhay, natatagpuan nila ang kanilang mga sarili na nahahadlangan sa bawat liko, dinadagsa ng mga ligalig, madilim ang hinaharap at walang katiyakan ang kanilang mga buhay. Ang ilang tao ay masigasig sa kanilang pag-aaral, ngunit halos napapalampas ang lahat ng kanilang mga pagkakataon na makatanggap ng mas mataas na pinag-aralan; tila itinadhanang kailanman ay hindi magtamo ng tagumpay at ang kanilang kauna-unahang hangarin sa paglalakbay sa kanilang buhay ay nililipad ng hangin. Hindi alam kung ang daraanan ay patag o mabato, nararamdaman nila sa kauna-unahang pagkakataon kung gaano kapuno ng mga pagbabago ang tadhana ng tao, kung kaya't itinuturing ang buhay nang may pag-asa at pangamba. May ilang tao, kahit hindi gaanong nakapag-aral, ay nakapagsusulat ng mga aklat at nakapagtatamo ng kaunting katanyagan; ang ilan, bagaman halos ganap na walang pinag-aralan, ay kumikita ng pera mula sa negosyo at dahil doon ay nasusuportahan ang kanilang mga sarili.... Anumang trabaho ang pinipili ng isang tao, paano man siya naghahanap-buhay: may anumang kontrol ba ang mga tao kung gumagawa man sila ng tamang pagpili o maling pagpili sa mga bagay na ito? Sumasang-ayon ba ang mga bagay na ito sa kanilang mga pagnanais at kapasyahan? Karamihan sa mga tao ay nagnanais ng mga sumusunod: na mabawasan ang kanilang pagtatrabaho at kumita nang mas malaki, na hindi magtrabaho sa ilalim ng araw at ng ulan, manamit nang maganda, magningning at kuminang sa lahat ng dako, pangibabawan ang iba, at magdala ng karangalan sa kanilang mga ninuno. Umaasam ang mga tao na maging perpekto, subalit kapag ginawa na nila ang mga unang hakbang sa paglalakbay sa kanilang mga buhay, unti-unti nilang naiintindihan kung gaano kaimperpekto ang tadhana ng tao, at sa kauna-unahang pagkakataon ay tunay nilang nauunawaan ang katotohanan na, bagaman maaaring makagawa ang isang tao ng mapangahas na mga plano para sa sariling kinabukasan at bagaman ang isang tao ay maaaring magtanim sa isip ng mapangahas na mga pantasya, walang sinuman ang may kakayahan o may kapangyarihan na isakatuparan ang kanyang sariling mga pangarap, at walang sinuman ang nasa posisyon na kontrolin ang kanyang sariling kinabukasan. Palaging magkakaroon ng ilang agwat sa pagitan ng mga pangarap ng isang tao at sa mga realidad na dapat niyang harapin; ang mga bagay ay hindi kailanman ayon sa ninanais ng isang tao, at sa harap ng ganoong mga realidad ay hindi kailanman makakamit ng mga tao ang kasiyahan o katiwasayan. May ilang tao na gagawin ang anumang maaaring gawin, magpupunyagi nang husto at gagawa ng malalaking sakripisyo para sa kapakanan ng kanilang mga hanapbuhay at hinaharap, sa pagtatangka na baguhin ang kanilang sariling kapalaran. Subalit sa katapusan, kahit na matupad nila ang kanilang mga pangarap at ninanais sa pamamagitan ng kanilang sariling pagsisikap, hindi nila kailanman mababago ang kanilang mga kapalaran, at gaano man kasidhi nilang subukin, hindi nila kailanman malalampasan ang naitakda na

sa kanila ng tadhana. Kahit ano pa ang mga pagkakaiba sa kakayahan, talino, at determinasyon, ang mga tao ay pantay-pantay lahat sa harap ng tadhana, na hindi tumitingin sa pagkakaiba ng malaki o maliit, ng mataas o mababa, ng pinaparangalan o hinahamak. Ang pinagsisikapang hanapbuhay, ang ginagawa ng isang tao upang kumita, at kung gaano karami ang natitipong kayamanan ng isang tao sa buhay ay hindi napagpapasyahan ng sariling mga magulang, ng sariling mga talento, ng sariling mga pagpupunyagi o sariling mga ambisyon, at sa halip ay itinadhana ng Lumikha.

2) Pag-iwan sa Sariling mga Magulang at Seryosong Pag-uumpisa na Gampanan ang Sariling Papel sa Teatro ng Buhay

Kapag umabot ang isang tao sa hustong edad, naiiwanan na niya ang kanyang mga magulang at nakakapagsarili na, at dito sa puntong ito tunay na nakakapag-umpisang gampanan ng isang tao ang sariling papel, na ang sarili niyang misyon sa buhay ay hindi na malabo at unti-unting nagiging maliwanag. Sa pangalan ay nananatili pa ring may malapit na ugnayan ang isang tao sa sariling mga magulang, subalit dahil ang sariling misyon at ang papel na ginagampanan niya ay walang kinalaman sa sarili niyang ina at ama, nangangahulugan ito na ang malapit na bigkis ay dahan-dahang napapatid habang unti-unting nagsasarili ang isang tao. Mula sa perspektibo ng biyolohiya, hindi pa rin maiiwasan ng mga tao ang umasa sa kanilang mga magulang nang hindi namamalayan, subalit sa patas na pananalita, kapag sila ay malaki na, mayroon na silang mga buhay na ganap na nakahiwalay mula sa kanilang mga magulang, at gagampanan nila ang mga papel na kanilang natanggap nang nagsasarili. Maliban sa pagsisilang at pagpapalaki ng anak, ang tungkulin ng mga magulang sa buhay ng isang bata ay ang bigyan lang sila ng isang pormal na kapaligiran na kalalakihan nila, sapagkat walang makaiimpluwensya sa kapalaran ng tao maliban sa itinadhana ng Lumikha. Walang sinuman ang makakakontrol sa uri ng magiging kinabukasan ng isang tao; ito ay nauna nang naitadhana, at hindi mababago kahit na ng sariling mga magulang ang kapalaran ng isang tao. Kaugnay naman sa kapalaran, ang bawat isa ay nagsasarili, at bawat isa ay may sariling kapalaran. Kung kaya walang magulang ang makakapagpaiwas sa kapalaran sa buhay ng isang tao o makakaimpluwensya sa papel na gagampanan ng isang tao sa buhay. Maaaring sabihin na ang pamilya kung saan naitadhang maisilang ang isang tao, at ang kapaligiran na kinalalakihan niya, ay mga paunang kondisyon lamang upang matupad niya ang sarili niyang misyon sa buhay. Hindi tinutukoy ng mga ito sa anumang paraan ang kapalaran ng isang tao sa buhay o ang uri ng tadhana kung saan ay matutupad ng isang tao ang kanyang misyon. Kung kaya't walang magulang ang makakatulong sa kanyang anak na matupad ang misyon niya sa buhay, at gayundin, walang kaanak ninuman ang makakatulong sa kanya na akuin ang sarili niyang papel sa buhay. Kung paano isinasagawa ng isang tao ang sariling misyon at sa anong uri ng kinalalaking kapaligiran niya ginagampanan ang sarili niyang papel ay ganap na itinatadhana ng sariling kapalaran sa buhay. Sa madaling salita, walang iba pang patas

na mga kondisyon ang makakaimpluwensya sa misyon ng isang tao, na itinadhana ng Lumikha. Ang lahat ng tao ay nagkakahustong pag-iisip ayon sa kanilang sariling kinalakhang mga kapaligiran; pagkatapos, unti-unti, sa bawat hakbang, tumutungo sila sa kanilang sariling mga landas sa buhay at tinutupad ang mga tadhana na plinano para sa kanila ng Lumikha. Sa likas na paraan at nang hindi sinasadya ay pumapasok sila sa malawak na karagatan ng sangkatauhan at inaako ang sarili nilang mga papel sa buhay, kung saan ay sinisimulan nila ang pagtupad sa kanilang mga responsabilidad bilang mga nilalang para sa kapakanan ng pagtatadhana ng Lumikha, para sa kapakanan ng Kanyang kataas-taasang kapangyarihan.

Ang Ikaapat na Sugpungan: Pag-aasawa

Habang tumatanda ang isang tao at nahuhusto ang pag-iisip, lalo siyang lumalayo mula sa sariling mga magulang at sa kapaligiran kung saan siya ipinanganak at pinalaki, at sa halip siya ay nagsisimulang humanap ng direksyon para sa sarili niyang buhay at kamtin ang mga layunin niya sa buhay sa paraan na iba sa sariling mga magulang. Sa panahong ito, hindi na kailangan ng isang tao ang sariling mga magulang, ngunit sa halip ay isang kapareha na makakasama niya sa buhay, iyon ay, isang asawa, isang tao kung kanino nakabigkis ang kanyang sariling kapalaran. Kaya ang unang malaking kaganapan sa buhay pagkatapos ng pagsasarili ay ang pag-aasawa, ang ikaapat na sugpungan na dapat pagdaanan ng isang tao.

1) Walang Indibiduwal na Pagpiling Nakaiimpluwensya sa Pag-aasawa

Ang pag-aasawa ay isang napakahalagang pangyayari sa buhay ninuman; ito ay panahon na nagsisimulang tunay na akuin ng isang tao ang iba't ibang uri ng mga responsabilidad, unti-unting nagsisimula na kumpletuhin ang iba't ibang uri ng misyon. Maraming ilusyon ang mga tao tungkol sa pag-aasawa bago nila ito maranasan, at lahat ng ilusyong ito ay talagang magaganda. Inaakala ng mga kababaihan na ang kanilang kabiyaq ay magiging si Prince Charming, at inaakala ng mga kalalakihan na sila ay magpapakasal kay Snow White. Ipinapakita ng mga pantasyang ito na ang bawat tao ay may partikular na mga kinakailangan para sa pag-aasawa, mga sarili nilang hinihingi at pamantayan. Bagaman sa masamang kapanahunang ito, palagi ang binobomba ang mga tao ng baluktot na mga mensahe tungkol sa pag-aasawa, na lumilikha ng mas marami pang karagdagang kinakailangan at nagbibigay sa mga tao ng lahat ng uri ng pasanin at kakaibang mga saloobin, alam ng sinumang nakaranas na ng pag-aasawa na anuman ang pagkakaunawa ng isang tao rito, anuman ang saloobin niya tungkol dito, ang pag-aasawa ay hindi isang bagay na pinipili ng isang indibiduwal.

Maraming tao ang nakakatagpo ng isang tao sa kanyang buhay, subalit walang sinuman ang nakakaalam kung sino ang mapapangasawa niya. Bagaman ang lahat ay may kani-kanilang sariling mga palagay at personal na pananaw tungkol sa paksa ng pag-aasawa, walang sinuman ang maaaring makahula kung sino sa bandang huli ang magiging kanyang tunay na kabiyaq, at ang mga ideya ng isang tao ay hindi masyadong

mahalaga. Matapos makatagpo ang isang taong gusto mo, maaari mong ipursige ang taong iyon; subalit interesado man o hindi ang taong iyon sa iyo, kung maaari mo ba siyang maging kapareha o hindi—hindi ikaw ang magpapasya. Hindi nangangahulugan na ang iyong sinisinta ang taong makakabahagi mo sa iyong buhay; samantala, may isa na kailanman ay hindi mo inasahan na maaaring dumating nang tahimik sa iyong buhay at maging iyong kapareha, ang pinakamahalagang elemento sa iyong kapalaran, ang iyong kabiya, kung kanino nakabigkis nang mahigpit ang iyong kapalaran. Kung kaya, bagaman milyun-milyon ang nag-aasawa sa mundo, bawat isa ay iba: Napakaraming mag-aasawa ang hindi nasisiyahan, napakarami ang maligaya; napakarami ang saklaw ang Silangan at Kanluran, napakaraming Hilaga at Timog; napakarami ang perpektong mga tambalan, napakarami ang pantay ang katayuan sa lipunan; napakarami ang maligaya at nagkakasundo, napakarami ang nasasaktan at nagdadalamhati; napakarami ang kinaiinggitan ng iba, napakarami ang hindi naiintindihang mabuti at hindi sinasang-ayunan; napakarami ang puno ng kaligayahan, napakarami ang lumuluha at sanhi ng kawalang-pag-asa.... Sa hindi mabilang na uri ng pag-aasawa, ibinubunyag ng mga tao ang katapatan at panghabambuhay na pangako sa pag-aasawa; inihahayag nila ang pagmamahal, pagkagiliw, at pagkadi-mapaghihiwalay, o pagbitiw at kawalan ng pag-unawa. Ang ilan ay pinagtataksilan ang kanilang kasal, o nakararamdam maging ng pagkamuhi rito. Nagdadala man ang mismong pag-aasawa ng kaligayahan o pasakit, ang misyon ng bawat isa sa pag-aasawa ay itinadhana ng Lumikha at hindi magbabago; ang misyong ito ay dapat tuparin ng bawat isa. Ang indibidwal na kapalaran ng bawat tao na nasa likod ng bawat pag-aasawa ay hindi nagbabago at matagal nang itinadhana ng Lumikha.

2) Ang Pag-aasawa ay Isinilang sa mga Kapalaran ng Dalawang Magkapareha

Ang pag-aasawa ay isang mahalagang sugpungan sa buhay ng isang tao. Bunga ito ng kapalaran ng isang tao at isang mahalagang kawing sa kapalaran niya; hindi ito itinatatag sa pagkukusa o mga kagustuhan ng sinumang tao, at hindi naiimpluwensiyahan ng anumang panlabas na mga kadahilanan, kundi ganap na tinutukoy ng mga kapalaran ng dalawang panig, sa pamamagitan ng mga pagsasaayos at pagtatadhana ng Lumikha sa mga kapalaran ng magkapareha. Tila ba ang layunin ng pag-aasawa ay ang ipagpatuloy ang sangkatauhan, ngunit ang totoo, ang pag-aasawa ay walang iba kundi isang ritwal na pinagdadaan ng isang tao sa proseso ng pagtupad sa sarili niyang misyon. Ang mga papel na ginagampanan ng mga tao sa pag-aasawa ay hindi lamang sa pag-aaruga sa susunod na henerasyon; inaako nila ang iba't ibang papel na may kinalaman sa pagpapanatili ng kasal at sa mga misyon na dapat kumpletuhin sa pamamagitan ng mga papel na iyon. Yamang nakakaimpluwensiya ang sariling kapanganakan sa mga pagbabagong pinagdadaan ng mga tao, pangyayari, at bagay sa paligid nito, ang pag-aasawa ng isang tao ay hindi rin maiiwasang makaapekto sa mga tao, pangyayari, at bagay, at higit pa ryan, babaguhin sila ng lahat ng ito sa iba't ibang paraan.

Kapag nagsimulang magsarili ang isang tao, sinisimulan niya ang kanyang sariling paglalakbay sa buhay, na umaakay sa kanya sa bawat hakbang patungo sa mga tao, pangyayari, at bagay na kaugnay ng kanyang pag-aasawa. Kasabay nito, ang kaparehang bubuo sa pag-aasawang ito ay papalapit, sa bawat hakbang, tungo sa parehong mga tao, pangyayari at bagay. Sa ilalim ng kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, ang dalawang di-magkaanu-ano na nagsasalo sa magkaugnay na kapalaran ay unti-unting pumapasok sa pag-aasawa at himalang nagiging isang pamilya: “dalawang balang na kumakapit sa parehong tali.” Kaya kapag pumasok ang isang tao sa pag-aasawa, ang paglalakbay niya sa buhay ay makakaimpluwensya at makakaantig sa kanyang kabiya, at makakaimpluwensiya at makakaantig din ang paglalakbay sa buhay ng kapareha niya sa kanyang kapalaran sa buhay. Sa madaling salita, magkakaugnay ang kapalaran ng mga tao, at walang sinuman ang makakatupad ng misyon ng isang tao sa buhay o makakaganap ng kanyang papel nang walang kaugnayan sa iba. Malaki ang epekto ng kapanganakan ng isang tao sa maraming ugnayan; sangkot din sa paggulang ang isang masalimuot na tanikala ng mga ugnayan; at gayon din, ang pag-aasawa ay di-mapipigilang umiral at napapanatili sa isang malawak at masalimuot na mga koneksyon ng tao, sinasangkot ang bawat taong nasa mga ugnayang ito at nakakaimpluwensiya sa kapalaran ng bawat isang bahagi nito. Ang pag-aasawa ay hindi bunga ng mga pamilya ng kapwa miyembro, ng mga kalagayan na kinalakhan nila, ng kanilang mga hitsura, ng kanilang mga edad, ng kanilang mga katangian, ng kanilang mga talento, o ng anumang iba pang mga kadahilanan; sa halip, ito ay nagmumula sa isang pinagsasaluhang misyon at isang magkaugnay na kapalaran. Ito ang pinagmumulan ng pag-aasawa, isang bunga ng kapalaran ng tao na isinaayos at inihanda ng Lumikha.

Ang Ikalimang Sugpungan: Supling

Pagkatapos mag-asawa, nagsisimula ang isang tao na alagaan ang susunod na henerasyon. Walang kontrol ang tao sa bilang at uri ng mga anak na mayroon siya; pinagpasyahan din ito ng kapalaran ng isang tao at itinadhana ng Lumikha. Ito ang ikalimang sugpungan na dapat pagdaanan ng isang tao.

Kapag ang isang tao ay ipinanganak upang punan ang papel ng pagiging anak ng isang tao, kung gayon ay nag-aalaga ang isang tao ng susunod na henerasyon upang punan ang papel ng pagiging magulang ng isang tao. Ang paghahaliling ito ng mga papel ang nagpaparanas sa isang tao ng iba’t ibang yugto ng buhay mula sa iba’t ibang perspektibo. Nagbibigay din ito sa isang tao ng iba’t ibang mga karanasan sa buhay na nagpapakilala sa kanya ng kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, na palaging isinasagawa sa parehong paraan, at nagpaparanas sa isang tao ng katunayan na walang sinuman ang maaaring makialam o magbago sa pagtatadhana ng Lumikha.

1) Walang Kontrol ang Isang Tao sa Mangyayari sa Sariling Supling

Ang kapanganakan, paglaki, at pag-aasawa ay naghahatid lahat ng iba’t ibang uri at

antas ng kabiguan. May mga tao na di-nasisiyahan sa kanilang mga pamilya o sa kanilang pisikal na anyo; may mga tao na hindi gusto ang kanilang mga magulang; ang ilan ay nagdaramdam o may mga reklamo sa kapaligiran na kinalakihan nila. At sa lahat ng kabiguang ito, ang pag-aasawa ang pinakahindi kasiya-siya para sa karamihan ng mga tao. Kahit gaano pa di-kasiya-siya para sa isang tao ang kanyang kapanganakan, pag-abot sa hustong pag-iisip, o pag-aasawa, alam ng bawat isang dumaan na sa mga ito na hindi mapipili ng isang tao kung saan at kailan siya ipapanganak, ano ang hitsura niya, sino ang kanyang mga magulang, at sino ang kanyang kabiya, bagkus tinatanggap lamang niya ang kalooban ng Langit. Subalit kapag dumating na ang panahon upang mag-aruga ang mga tao ng susunod na henerasyon, kanilang ipinapasa ang lahat ng kanilang di-natupad na mga pagnanais sa unang bahagi ng kanilang buhay sa kanilang mga inanak, umaasa na mababawi ng kanilang mga supling ang lahat ng kabiguan na naranasan nila sa unang bahagi ng kanilang mga buhay. Kung kaya ginagawa ng mga tao ang lahat ng uri ng pagpapantasya tungkol sa kanilang mga anak: na ang kanilang mga anak na babae ay magiging nakamamanghang mga dilag, na ang kanilang mga anak na lalaki ay magiging makisig at maginoo; na ang kanilang mga anak na babae ay magkakaroon ng pinag-aralan at magkakaroon ng mga talento at ang kanilang mga anak na lalaki ay magiging mga napakatalinong mag-aaral at nangungunang atleta; na ang kanilang mga anak na babae ay magiging magiliw, mabait, at matino, at ang kanilang mga anak na lalaki ay magiging matalino, mahusay, at madaling makaramdam. Umaasa sila na mapababae o mapalalaki man ang kanilang anak, igagalang nito ang nakatatanda sa kanila, magiging maalalahanin sa kanilang mga magulang, mamahalin at pupurihin ng lahat.... Sa puntong ito, muling bumubukal ang pag-asa sa buhay, at nag-aalab ang mga bagong simbuyo sa puso ng mga tao. Alam ng mga tao na sila ay walang kapangyarihan at walang-pag-asa sa buhay na ito, na hindi na sila magkakaroon ng ibang pagkakataon o ng ibang pag-asa na mamukod-tangi sa iba, at wala na silang magagawa kundi ang tanggapin ang kanilang mga kapalaran. At kaya ipinapasa nila ang lahat ng kanilang inaasam, ang kanilang di-natupad na mga ninanais at mithiin, sa susunod na henerasyon, umaasa na makakatulong sa kanila ang kanilang supling na makamit ang kanilang mga pangarap at matupad ang kanilang mga ninanais; na ang kanilang mga anak na babae at mga anak na lalaki ay magdadala ng karangalan sa pangalan ng pamilya, magiging importante, mayaman, o bantog. Sa madaling salita, nais nilang makita na namamayagpag ang tagumpay ng kanilang mga anak. Ang mga plano at pantasya ng mga tao ay perpekto; hindi ba nila alam na ang bilang ng mga anak na mayroon sila, ang hitsura, mga kakayahan ng kanilang mga anak, at iba pa, ay hindi nila mapagpapasyahan, na ni kapisaso ng mga kapalaran ng kanilang mga anak ay wala sa kanilang mga palad? Ang mga tao ay hindi mga panginoon ng kanilang sariling kapalaran, subalit umaasa sila na mababago nila ang mga kapalaran ng mas nakababatang henerasyon; wala silang kapangyarihan na takasan ang kanilang sariling mga kapalaran, subalit sinusubukan nilang kontrolin ang

kapalaran ng kanilang mga anak na babae't lalaki. Hindi kaya nasosobrahan ang tiwala nila sa kanilang mga sarili? Hindi ba ito kahangalan at kamangmangan ng tao? Gagawin ng mga tao ang lahat para sa kapakanan ng kanilang supling, subalit sa bandang huli, hindi maaaring diktahan ng mga plano at mga naisin ng isang tao kung gaano karami at kung anong uri ang mga anak na mayroon sila. May mga tao na walang pera subalit nagkakaanak ng marami; ang ilang tao ay mayaman ngunit wala ni isang anak. Ang ilan ay gusto ng isang anak na babae ngunit pinagkaitan ng ganoong kahilingan; ang ilan ay gusto ng isang anak na lalaki ngunit bigong magkaanak ng lalaki. Para sa ilan, ang mga anak ay isang pagpapala; para sa iba, ang mga ito ay isang sumpa. May mga mag-asawa na matatalino, ngunit nagkakaanak ng mga batang mapupurul ang isip; may mga magulang na masisipag at matatapat, ngunit ang mga pinalalaki nilang anak ay mga tamad. Ang ilang magulang ay mababait at matuwid subalit may mga anak na nagiging mapanlinlang at malupit. May mga magulang na matino ang isip at katawan subalit nagkakaanak ng mga may-kapansanan. May mga magulang na pangkaraniwan at di-matagumpay gayunpaman ay may mga anak na nakagagawa ng mga dakilang bagay. May mga magulang na mababa ang estado sa buhay datapwat may mga anak na umaangat sa kasikatan. ...

2) Pagkatapos Palakihin ang Susunod na Henerasyon, Nagtatamo ang mga Tao ng Bagong Pagkaunawa sa Kapalaran

Karamihan sa mga tao na nag-aasawa ay ginagawa ito sa mga edad na tatlumpu, sa punto ng buhay na wala pang anumang pagkaunawa ang isang tao sa tadhana ng tao. Subalit kapag nagsimulang magpalaki ng mga anak ang mga tao, at habang lumalaki ang kanilang supling, napagmamasdan nilang inuulit ng bagong henerasyon ang buhay at ang lahat ng karanasan ng nakaraang henerasyon, at dahil nasasalamon nila ang kanilang sariling mga nakaraan sa mga ito, natatanto nila na ang daan na tinatahak ng mas batang henerasyon, tulad din ng sa kanila, ay hindi maaaring planuhin at piliin. Nahaharap sa ganitong katunayan, wala silang pagpipilian kundi ang aminin na ang kapalaran ng bawat tao ay naitadhana, at nang hindi ganap na natatanto ito, unti-unti nilang isinasantabi ang sarili nilang mga pagnanais, at ang mga kinahihiligan ng kanilang mga puso ay unti-unting naglalaho at nauupos.... Sa panahong ito, ang mga tao ay nakalampas na sa karamihan ng mahahalagang pagsubok sa buhay, nakamit na ang isang bagong pagkaunawa sa buhay, at nagkaroon ng bagong saloobin. Gaano karami ang maaaring asahan sa hinaharap ng isang tao sa ganitong edad at ano ang mga posibilidad na dapat nilang asamin? Sinong limampung taong gulang na babae ang nangangarap pa rin ng Prince Charming? Sinong limampung taong gulang na lalaki ang naghahanap pa rin sa kanyang Snow White? Sinong nasa katanghaliang-gulang na babae ang umaasa pa rin na maging isang sisne mula sa pagiging pangit na sisiw ng pato? Ang karamihan ba sa mga nakakatandang lalaki ay mayroong parehong sigla sa karera tulad ng mga kabataang lalaki? Sa kabuuan, lalaki man o babae ang isang tao,

ang sinumang nabubuhay sa edad na ito ay malamang na may makatwiran at praktikal na saloobin sa pag-aasawa, pamilya, at mga anak. Ang ganoong tao, kung tutuusin, ay wala nang natitirang pagpipilian at wala nang simbuyo na hamunin ang kapalaran. Kung karanasan ng tao ang pag-uusapan, sa sandaling makarating ang isang tao sa edad na ito, siya ay natural na nagkakaroon ng ganitong saloobin: “Dapat tanggapin ang kapalaran; ang mga anak ng isang tao ay may kani-kaniyang sariling suwerte; ang kapalaran ng tao ay itinadhana ng Langit.” Karamihan sa mga tao na hindi nakakaunawa ng katotohanan, matapos malampasan ang lahat ng malalaking pagbabago, pagkabigo, at paghihirap sa mundong ito, ay ibubuod ang kanilang mga pananaw sa buhay ng tao sa tatlong salita: “Ganyan ang kapalaran!” Bagaman binubuod ng pariralang ito ang pagkatanto sa kapalaran ng mga tao ng mundo at ang nabuo nilang konklusyon, at bagama’t ito ay nagpapahayag ng kawalang-kakayahan ng sangkatauhan at masasabi na tumatagos at tumpak, ito ay napakalayo sa pagkaunawa sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, at ito ay talagang hindi pamalit sa kaalaman tungkol sa awtoridad ng Lumikha.

3) Ang Paniniwala sa Kapalaran ay Hindi Pamalit sa Kaalaman Tungkol sa Kataas-taasang Kapangyarihan ng Lumikha

Matapos maging isang tagasunod ng Diyos nang napakaraming taon, mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa kaalaman sa kapalaran sa pagitan ninyo at ng mga tao ng mundo? Tunay ba ninyong nauunawaan ang pagtatadhana ng Lumikha, at tunay ba ninyong nalalaman ang kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha? Ang ilang tao ay may malalim at taos-pusong pagkaunawa sa pariralang “ganyan ang kapalaran,” subalit hindi sila nananalig man lamang sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos; hindi sila naniniwala na ang kapalaran ng tao ay inihanda at isinaayos ng Diyos, at hindi sila handang magpasakop sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos. Ang mga ganoong tao ay para bang natangay ng agos ng dagat, ihinampas ng mga alon, lumulutang sa agos, at walang magawa kundi ang maghintay nang walang kibo at isuko ang kanilang mga sarili sa kapalaran. Ngunit hindi nila nakikilala na ang kapalaran ng tao ay nasa ilalim ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos; hindi nila kayang matalos ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa sarili nilang pagkukusa, at nang sa gayon ay makamit ang kaalaman tungkol sa awtoridad ng Diyos, magpasakop sa mga pagsasaayos at paghahanda ng Diyos, huminto sa paglaban sa kapalaran, at mabuhay sa ilalim ng pangangalaga, proteksyon, at paggabay ng Diyos. Sa ibang salita, ang pagtanggap sa kapalaran ay hindi katulad ng pagpapasakop sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha; ang paniniwala sa kapalaran ay hindi nangangahulugang tinatanggap, kinikilala, at nalalaman ng isang tao ang kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha; ang paniniwala sa kapalaran ay pagkilala lamang sa katotohanan nito at sa panlabas na pagpapamalas nito. Iba ito sa pagkaalam kung paano pinamamahalaan ng Lumikha ang kapalaran ng sangkatauhan, mula sa pagkilala na ang Lumikha ang

pinagmumulan ng kapamahalaan sa lahat ng kapalaran ng lahat ng bagay, at tiyak na malayo sa pagpapasailalim sa mga pagsasaayos at paghahanda ng Lumikha para sa kapalaran ng sangkatauhan. Kung ang isang tao ay naniniwala lamang sa kapalaran—kahit na matindi ang paniniwala niya rito—ngunit hindi nalalaman, nakikilala, nagpapasailalim, at tinatanggap ang kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha sa kapalaran ng sangkatauhan, kung gayon ang buhay niya ay magiging isang trahedya, isang buhay na isinasabuhay nang walang saysay, isang kahungkagan; hindi pa rin siya mapapasailalim sa kapamahalaan ng Lumikha, upang maging isang nilikhang tao sa pinakatotoong kahulugan ng parirala, at tamasahin ang pagsang-ayon ng Lumikha. Ang isang tao na tunay na nakatatalos at nakakaranas sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha ay dapat nasa aktibong kalagayan, hindi walang-kibo o nasa kawalang-kakayahang kalagayan. Kahit na tinatanggap ng taong ito na ang lahat ng bagay ay itinadhana, siya ay dapat magtaglay ng isang tumpak na kahulugan ng buhay at kapalaran: Na ang bawat buhay ay nasa ilalim ng kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha. Kapag nililingon ng isang tao ang daan na kanyang tinahak, kapag ginugunita niya ang bawat yugto ng kanyang paglalakbay, makikita niya na sa bawat hakbang, nakakapagod man o magaan ang kanyang paglalakbay, ang Diyos ay gumagabay sa landas ng isang tao at pinaplano ito. Ang maingat na mga pagsasaayos ng Diyos, ang Kanyang maingat na pagpaplano, ang umakay sa tao, nang hindi niya nalalaman, tungo sa ngayon. Ang matanggap ang kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha at matanggap ang Kanyang pagliligtas—anong dakilang kayamanan iyon! Kapag negatibo ang saloobin ng isang tao sa kapalaran, pinapatunayan nito na siya ay tumututol sa lahat ng bagay na isinaayos ng Diyos para sa kanya, na siya ay walang nagpapasakop na saloobin. Kapag ang saloobin ng isang tao sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa kapalaran ng tao ay positibo, kapag nagbalik-tanaw siya sa sarili niyang paglalakbay, kapag tunay niyang nauunawaan ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, mas marubdob niyang nanaisin na magpasakop sa lahat ng isinasayos ng Diyos, magkakaroon ng mas matibay na determinasyon at pagtitiwala na hayaan ang Diyos na isaayos ang kanyang kapalaran, at huminto sa pagrerebelde laban sa Diyos. Sapagkat nakikita ng isang tao na kapag hindi niya naiintindihan ang kapalaran, kapag hindi niya nauunawaan ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, kapag nangangapa siya pasulong nang kusang-loob, pasuray-suray at pagiray-giray sa kalituhan, ang paglalakbay ay napakahirap at masyadong nakakasakit ng damdamin. Kaya kapag nakikilala ng mga tao ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa kapalaran ng tao, pinipili ng matatalino na alamin at tanggapin ito, na magpaalam sa masasakit na araw nang sinubukan nilang magtatag ng isang mabuting buhay sa pamamagitan ng sarili nilang mga kamay, at na tigilan ang pakikipagbuno laban sa kapalaran at ang paghahangad ng kanilang tinatawag na “mga layunin sa buhay” sa sarili nilang paraan. Kapag walang Diyos ang isang tao, kapag hindi niya Siya nakikita, kapag hindi niya malinaw na nakikilala ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, ang bawat araw ay walang

kabuluhan, walang halaga, kahabag-habag. Saanman naroroon ang isang tao, anuman ang trabaho niya, ang paraan ng paghahanap-buhay niya at ang pagsisikap niya sa sariling mga layunin ay nagdadala lamang sa kanya ng walang-katapusang sakit sa damdamin at di-maibsang pagdurusa, hanggang sa hindi na siya makalingon sa nakaraan. Sa pamamagitan lamang ng pagtanggap ng isang tao sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, pagpapasailalim sa Kanyang mga pagsasaayos at paghahanda, at paghahanap sa tunay na buhay ng tao siya unti-unting makakalaya mula sa lahat ng sakit ng damdamin at pagdurusa, at maiibsan ang lahat ng kahungkagan sa buhay.

4) Tanging ang mga Nagpapasakop sa Dakilang Kapangyarihan ng Lumikha ang Maaaring Makatamo ng Tunay na Kalayaan

Dahil hindi nakikilala ng mga tao ang pagsasaayos ng Diyos at ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, palagi nilang hinaharap ang kapalaran nang may pagtangga at mapanghimagsik na saloobin, at palaging nais isantabi ang awtoridad at kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos at ang mga bagay na inilaan ng kapalaran, umaasa nang walang-saysay na mababago ang kanilang kasalukuyang mga kalagayan at mapapalitan ang kanilang kapalaran. Subalit hindi sila kailanman magtatagumpay at nahahadlangan sila sa bawat liko. Ang pakikibakang ito na nagaganap sa kaibuturan ng sariling kaluluwa ay nagdudulot ng matinding kirot na tila tagos hanggang buto habang unti-unti niyang inaaksaya ang kanyang buhay. Ano ang sanhi ng kirot na ito? Dahil ba sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, o dahil sa ang tao ay ipinanganak na hindi maswerte? Malinaw na alinman dito ay hindi totoo. Pangunahin na ito ay dahil sa mga landas na tinatahak ng mga tao, sa mga paraan na pinili ng mga tao na isabuhay ang kanilang mga buhay. May ilang tao na maaaring hindi nakatanto ng mga bagay na ito. Subalit kapag tunay mong nalalaman, kapag tunay mong nakikilala na ang Diyos ay may kataas-taasang kapangyarihan sa kapalaran ng tao, kapag tunay mong nauunawaan na ang lahat ng pinlano at pinagpasyahan ng Diyos para sa iyo ay isang malaking benepisyong at proteksyon, kung gayon unti-unting mapapawi ang iyong kirot, at ang buong mong pagkatao ay walang tensyon, malaya, may kasarinlan. Batay sa mga kalagayan ng karamihan sa mga tao, hindi nila kayang tanggapin sa katunayan ang praktikal na halaga at kahulugan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha sa kapalaran ng tao, bagaman sa personal na lebel, ayaw na nilang patuloy na mamuhay gaya ng dati at nais nila ng ginhawa mula sa kanilang kirot; talagang hindi nila kayang tunay na makilala at magpasakop sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, at lalong hindi alam kung paano hahanapin at tatanggapin ang mga pagsasaayos at paghahanda ng Lumikha. Kung kaya, kapag hindi talaga makilala ng mga tao ang katotohanan na ang Lumikha ay may kataas-taasang kapangyarihan sa kapalaran ng tao at sa lahat ng bagay na pantao, kung hindi sila tunay na makapagpapasakop sa kapamahalaan ng Lumikha, kung gayon ay magiging mahirap para sa kanila na hindi madala at hindi mapigilan ng

ideya na “ang kapalaran ng isang tao ay nasa kanyang sariling mga kamay.” Magiging mahirap para sa kanila na pagpagin ang kirot ng kanilang matinding pakikibaka laban sa kapalaran at sa awtoridad ng Lumikha, at hindi man kailangang sabihin, magiging mahirap din para sa kanila na maging tunay na may kasarinlan at kalayaan, na maging mga taong sumasamba sa Diyos. Ngunit may napakasimpleng paraan upang mapalaya ang sarili mula sa ganitong kalagayan: ang magpaalam sa dating sariling paraan ng pamumuhay; ang magpaalam sa sariling dating mga layunin sa buhay; ibuod at suriin ang dating istilo ng pamumuhay, pananaw sa buhay, mga pagsusumikap, mga pagnanais, at mga minimithi; at pagkatapos ay ihambing ang mga ito sa kalooban at mga hinihingi ng Diyos sa tao, at tingnan kung tugma ang alinman sa mga ito sa kalooban at mga hinihingi ng Diyos, kung may alinman sa mga ito ang naghahatid ng mga tamang prinsipyo sa buhay, nagdadala sa isang tao sa isang mas malaking pagkaunawa sa katotohanan, at nagtutulot sa kanya na mabuhay nang may pagkatao at kawangis ng tao. Kapag paulit-ulit mong sinisiyasat at maingat na sinusuri ang iba’t ibang layunin sa buhay na pinagsisikapan ng mga tao at ang kanilang di-mabilang na paraan ng pamumuhay, matutuklasan mo na ni isa sa mga ito ay hindi akma sa orihinal na layon ng Lumikha nang Kanyang likhain ang sangkatauhan. Lahat ng ito ay naglalayo sa mga tao mula sa kataas-taasang kapangyarihan at pangangalaga ng Lumikha; lahat ng ito ay mga bitag na nagsasanhi na maging napakasama ng mga tao, at naghahatid sa kanila sa impiyerno. Matapos mong makilala ito, ang tungkulin mo ay isantabi ang iyong lumang pananaw sa buhay, manatiling malayo sa sari-saring mga patibong, hayaan ang Diyos na mamahala sa iyong buhay at gumawa ng mga pagsasaayos para sa iyo; ito ay para subukan lamang na magpasakop sa mga pagsasaayos at paggabay ng Diyos, na mamuhay na hindi gumagawa ng indibiduwal na pagpili, at maging isang tao na sumasamba sa Diyos. Mukhang madali ito, ngunit isang bagay ito na mahirap gawin. Kayang tiisin ng ilang tao ang kirot nito, ang iba ay hindi. May ilan na handang sumunod, ang iba ay hindi. Ang mga hindi handa ay kulang sa pagnanais at sa kapasyahan na gawin ito; malinaw na batid nila ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, alam na alam nila na ang Diyos ang Siyang nagpaplano at nagsasaayos ng kapalaran ng tao, gayunman ay patuloy silang sumisipa at nakikipagbuno at nananatiling hindi umaayon na ilagay ang kanilang mga kapalaran sa palad ng Diyos at magpasakop sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, dagdag pa rito, naghihinanakit sila sa mga pagsasaayos at paghahanda ng Diyos. Kung kaya palaging mayroong ilang tao na nagnanais na sila mismo ang makakita kung ano ang kaya nilang gawin; nais nilang baguhin ang kanilang mga kapalaran sa sarili nilang mga kamay, o makamit ang kaligayahan sa ilalim ng kanilang sariling kapangyarihan, upang makita kung malalampasan nila ang hangganan ng awtoridad ng Diyos at pangibabawan ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos. Ang trahedya ng tao ay hindi sa hinahanap niya ang maligayang buhay, hindi sa hinahangad niya ang katanyagan at tagumpay o sa pakikipagbuno laban sa kanyang sariling kapalaran nang naliliton, kundi pagkatapos

niyang makita ang pag-iral ng Lumikha, matapos niyang matutuhan ang katotohanan na ang Lumikha ang may kataas-taasang kapangyarihan sa kapalaran ng tao, hindi pa rin niya maiwasto ang kanyang mga nakagawian, hindi niya maalís ang kanyang mga paa sa pusali, ngunit pinatitigas ang kanyang puso at nagpupumilit sa kanyang mga pagkakamali. Mas nanaisin pa niyang magpatuloy na maglupasay sa putikan, matigas ang ulong nakikipagpaligsahan sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, nilalabanan ito hanggang sa mapait na katapusan, nang wala ni katiting na pagsisisi. Magpapasya lamang siyang sumuko at bumalik kapag siya ay nakahiga na nang wasak at nagdurugo. Ito ang tunay na pighati ng tao. Kaya sinasabi Ko, ang mga pumipili na magpasakop ay matatalino, at ang mga pumipili na makipagbuno at tumakas ay hangal.

Ang Ikaanim na Sugpungan: Kamatayan

Matapos ang labis na pagkaabala at pagmamadali, napakaraming pagkadismaya at kabiguan, matapos ang napakaraming galak at kalungkutan at mga tagumpay at mga pagkabigo, matapos ang napakaraming di-malilimutang taon, matapos ang pagmamasid sa muli't muling pagbabago ng panahon, dumaraan ang isang tao sa mahahalagang pangyayari sa buhay nang hindi ito namamalayan, at sa isang iglap, natatagpuan niya ang kanyang sarili na nasa takipsilim na ng buhay. Nakatatak ang mga marka ng panahon sa lahat ng bahagi ng katawan niya: Hindi na siya makatayo nang tuwid, ang itim na buhok sa ulo ay nagiging puti, habang ang maliliwanag at malilinaw na mata ay nagdidilim at nanlalabo, ang makinis at malambot na balat ay nagiging kulubot at batik-batik. Ang pandinig niya ay humihina, ang mga ngipin ay umuuga at nalalaglag, ang mga reaksiyon ay nahuhuli, at ang mga kilos ay bumabagal.... Sa puntong ito, ganap nang nakapagpaalam ang isang tao sa maalab na mga taon ng kanyang kabataan at pumasok na sa takipsilim ng kanyang buhay: ang katandaan. Susunod, haharapin niya ang kamatayan, ang huling sugpungan sa buhay ng tao.

1) Tanging ang Lumikha ang may Kapangyarihan sa Buhay at Kamatayan ng Tao

Kung ang kapanganakan ng isang tao ay itinadhana ng nakaraan niyang buhay, samakatuwid ang kamatayan niya ang nagmamarka sa katapusan ng tadhanaang iyon. Kung ang kapanganakan ng isang tao ay simula ng kanyang misyon sa buhay na ito, samakatuwid ang kamatayan niya ang nagmamarka sa katapusan ng misyong iyon. Yamang ang Lumikha ang nagtadhana ng isang itinakdang hanay ng mga pangyayari para sa kapanganakan ng isang tao, hindi man sabihin ay Siya rin ang nagsaayos ng isang itinakdang hanay ng mga pangyayari para sa kamatayan nito. Sa madaling salita, walang sinuman ang ipinanganak na nagkataon lang, walang kamatayan ang biglaan, at kapwa ang kapanganakan at kamatayan ay marapat na konektado sa nakaraan at kasalukuyang buhay ng isang tao. Ang mga pangyayari sa kapanganakan at kamatayan niya ay kapwa itinadhana ng Lumikha; ito ang tadhana ng isang tao, ang kapalaran ng isang tao. Dahil marami ang paliwanag tungkol sa kapanganakan ng isang

tao, totoo rin na likas na magaganap ang kamatayan ng tao sa ilalim ng espesyal na hanay ng magkakaibang pangyayari. Ito ang dahilan kaya may magkakaibang haba ng buhay ang mga tao at magkakaibang paraan at mga oras ang kanilang mga kamatayan. May ilang tao na malakas at malusog ngunit namamatay nang maaga; ang mga iba ay mahina at sakitin ngunit nabubuhay hanggang sa tumanda at namamatay nang mapayapa. Ang ilan ay namamatay sa di-natural na mga sanhi, ang iba ay sa natural na paraan. Natatapos ng ilan ang kanilang mga buhay nang malayo sa tahanan, ang iba ay ipinipikit ang kanilang mga mata sa huling pagkakataon sa piling ng kanilang mga mahal sa buhay. Ang ilang tao ay namamatay sa himpapawid, ang iba ay sa ilalim ng lupa. Ang ilan ay lumulubog sa ilalim ng tubig, ang iba ay namamatay sa mga sakuna. Ang ilan ay namamatay sa umaga, ang iba ay sa gabi. ... Ang lahat ay nagnanais ng isang tanyag na kapanganakan, isang maningning na buhay, at isang maluwalhating kamatayan, subalit walang sinuman ang makakawala sa sarili niyang tadhana, walang sinuman ang maaaring makatakas sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha. Ito ang kapalaran ng tao. Maaaring gawin ng tao ang lahat ng uri ng mga plano para sa kanyang kinabukasan, subalit walang sinuman ang maaaring makapagplano ng paraan at panahon ng kanyang kapanganakan at ng kanyang pag-alis mula sa mundo. Bagaman ginagawa ng mga tao ang lahat ng kanilang makakaya upang iwasan at pigilan ang pagdating ng kamatayan, gayunpaman, tahimik na lumalapit ang kamatayan nang hindi nila nalalaman. Walang sinuman ang nakakaalam kung kailan o kung paano sila mamamatay, lalong hindi nila alam kung saan ito magaganap. Malinaw na hindi ang sangkatauhan ang humahawak ng kapangyarihan ng buhay at kamatayan, hindi isang nilalang sa natural na mundo, kundi ang Lumikha, na ang awtoridad ay natatangi. Ang buhay at kamatayan ng sangkatauhan ay hindi bunga ng ilang batas ng mundong natural, ngunit bunga ng kataas-taasang kapangyarihan ng awtoridad ng Lumikha.

2) Ang Hindi Nakakaalam sa Kataas-taasang Kapangyarihan ng Lumikha ay Hindi Patatahimikin ng Takot sa Kamatayan

Kapag pumasok ang isang tao sa katandaan, ang hamon na kinakaharap niya ay hindi ang pagtustos para sa isang pamilya o pagtatatag niya ng matataas na ambisyon sa buhay, kundi kung paano mamamaalam sa sariling buhay, kung paano haharapin ang pagtatapos ng sariling buhay, kung paano tutuldukan ang sariling pag-iral. Bagama't tila kaunting atensyon lang ang ibinibigay ng mga tao sa kamatayan, walang sinuman ang maaaring makaiwas sa pagsiyasat sa paksa, sapagkat walang sinuman ang nakakaalam kung may isa pa ngang mundo sa dakong mas malayo pa sa kamatayan, isang mundo na hindi kayang mahiwatigan o maramdaman ng mga tao, isang mundo na wala silang alam. Ito ang sanhi ng takot ng tao na tuwirang harapin ang kamatayan, takot na kaharapin ito ayon sa nararapat; sa halip, ginagawa nila ang lahat upang maiwasan ang paksa. Kung kaya pinupuno nito ang bawat tao ng pangamba tungkol sa

kamatayan, at nagdaragdag ng tabing ng misteryo sa di-maiiwasang katotohanang ito ng buhay at nagbibigay ng karimlan sa puso ng bawat tao.

Kapag nararamdaman ng isang tao na nanghihina na ang kanyang katawan, kapag nadarama niya na papalapit na siya sa kamatayan, nakakaramdam siya ng malabong pangamba, ng isang di-maipahayag na takot. Ipinadarama sa isang tao ng takot sa kamatayan ang mas matindi pang kalungkutan at kawalang-kakayahan, at sa puntong ito ay tinatanong niya sa sarili: Saan nanggaling ang tao? Saan papunta ang tao? Ganito ba mamamatay ang tao, pagkatapos daanan nang mabilis ang kanyang buhay? Ito ba ang yugto na nagmamarka sa katapusan ng buhay ng tao? Ano, sa bandang huli, ang kahulugan ng buhay? Sa huli, ano ang halaga ng buhay? Tungkol ba ito sa katanyagan o karangyaan? Tungkol ba ito sa pagtataguyod ng isang pamilya? ... Napag-iisipan man ng isang tao ang tungkol sa partikular na mga katanungang ito o hindi, kahit gaano katindi ang takot ng isang tao sa kamatayan, sa kaibuturan ng puso ng bawat tao ay palaging may pagnanais na siyasating maigi ang mga misteryo, isang pakiramdam ng kawalan ng pagkaunawa sa buhay, at kahalo ng mga ito, ang pagka-sentimental tungkol sa mundo at ang pag-aatubili na lumisan. Marahil walang sinuman ang makapagsasabi nang malinaw kung ano ang kinatatakutan ng tao, kung ano ang hinahangad ng tao, kung ano ang dahilan ng pagiging sentimental niya at kung ano ang atubili siyang iwanan ...

Dahil sa takot nila sa kamatayan, masyadong nag-aalala ang mga tao; dahil sa takot nila sa kamatayan, kay dami nilang hindi mabitawan. Kapag mamamatay na sila, may ilang tao ang naliligalig tungkol sa ganito o sa ganoon; nag-aalala sila tungkol sa kanilang mga anak, sa mga minamahal nila sa buhay, sa kanilang kayamanan, na para bang sa pamamagitan ng pag-aalala ay mabubura nila ang paghihirap at pangamba na dala ng kamatayan, na para bang sa pagpapanatili ng pagiging malapit sa nabubuhay ay maaari nilang matakasan ang kawalang-kakayahan at kalungkutan na kaakibat ng kamatayan. Sa kaibuturan ng puso ng tao ay nakahimlay ang isang di-malinaw na takot, ang takot na malayo mula sa mga minamahal, na hindi na kailanman muling makita ng mga mata ang mga bughaw na kalangitan, na kailanman ay hindi na matingnan ang materyal na mundo. Ang isang nalulungkot na kaluluwa na sanay na kasama ang mga minamahal ay nag-aatubiling pakawalan ang kapit nito at lumisan, na nag-iisa, tungo sa isang di-nakikilala at hindi pamilyar na mundo.

3) Ang Buhay na Ginugol sa Paghahangad ng Katanyagan at Kapakinabangan ay liwan ang Isang Tao na Nalilito sa Harap ng Kamatayan

Dahil sa kataas-taasang kapangyarihan at paunang pagtatalaga ng Lumikha, ang isang malungkot na kaluluwa na nagsimula nang walang anuman sa pangalan niya ay nagkakaroon ng mga magulang at isang pamilya, ng pagkakataon na maging kasapi ng sangkatauhan, ng pagkakataon na maranasan ang buhay ng tao at makita ang mundo. Natatamo rin ng kaluluwa na ito ang pagkakataon na maranasan ang kataas-taasang

kapangyarihan ng Lumikha, na malaman ang kahanga-hangang paglikha ng Lumikha, at higit pa riyan ay ang malaman at magpasakop sa awtoridad ng Lumikha. Subalit hindi tunay na sinasamantala ng karamihan ng mga tao ang pambihira at madaling lumipas na pagkakataong ito. Inuubos ng tao ang panghabambuhay na halaga ng enerhiya sa paglaban sa kapalaran, ginugugol ang lahat ng kanyang panahon sa pagiging abala para buhayin ang kanyang pamilya at nagpapabalik-balik sa pagitan ng kayamanan at katayuan. Ang mga bagay na pinakaiingat-ingatan ng mga tao ay ang pamilya, salapi, at katanyagan at itinuturing nila ang mga bagay na ito na pinakamahahalagang bagay sa buhay. Lahat ng tao ay nagrereklamo tungkol sa kanilang mga kapalaran, subalit isinasantabi pa rin nila sa kanilang mga isip ang mga usapin na pinakamahahalagang suriin at unawain: bakit buhay ang tao, paano dapat mabuhay ang tao, ano ang kahalagahan at kahulugan ng buhay. Gaano man karaming taon sila magtatagal, ginugugol lamang nila ang buong buhay nila sa pagiging abala sa paghahanap ng katanyagan at kapakinabangan, hanggang sa lumipas na ang kabataan nila at maging matanda at kulubot na sila. Nabubuhay sila nang ganito hanggang sa makita nila na hindi mapapahinto ng katanyagan at kapakinabangan ang pagdausdos nila tungo sa katandaan, na hindi maaaring punan ng salapi ang kahungkagan ng puso, na walang sinuman ang malilibre mula sa mga batas ng pagsilang, pagtanda, pagkakasakit, at kamatayan, na hindi matatakas ninuman ang kapalarang nakalaan sa kanila. Tanging kapag napilitan lamang silang harapin ang huling sugpungan ng buhay nila tunay na nauunawaan na kahit na magmay-ari ang isang tao ng napakalaking kayamanan at napakaraming ari-arian, kahit marami siyang pribilehiyo at may mataas na katayuan, walang sinuman ang maaaring makatakas sa kamatayan at bawat isa ay babalik sa kanyang orihinal na posisyon: isang nag-iisang kaluluwa, na walang anuman sa pangalan niya. Kapag ang isang tao ay may mga magulang, naniniwala siya na ang kanyang mga magulang ang lahat; kapag ang isang tao ay may ari-arian, iniisip niya na ang salapi ang pangunahing sandigan niya, na ito ang pinagkukunan ng ikabubuhay ng isang tao; kapag ang mga tao ay may katayuan, mahigpit ang pagkapit nila rito at isasapalaran nila ang kanilang mga buhay dahil dito. Tanging kapag bibitawan na ng mga tao ang mundong ito nila matatanto na ang mga bagay na pinaggugulan nila ng kanilang buhay na kamtin ay parang mga dumaraang ulap lamang, wala sa mga ito ang maaari nilang panghawakan, wala sa mga ito ang maaari nilang isama, wala sa mga ito ang maaaring maglibre sa kanila mula sa kamatayan, wala sa mga ito ang maaaring magbigay ng makakasama o aliw sa isang malungkot na kaluluwa sa pagbabalik nito; at higit sa lahat, wala sa mga ito ang maaaring magligtas sa tao at magbigay sa kanya ng kakayahan na malampasan ang kamatayan. Ang katanyagan at kapakinabangan na natatamo ng isang tao sa materyal na mundo ay maaaring makapagbigay sa kanya ng panandaliang kasiyahan, lumilipas na kaaliwan, at isang huwad na pakiramdam ng kaluwagan; dahilan para mawala sa tamang landas ang isang tao. Kaya habang sila ay kumakawag-kawag sa malawak na dagat ng sangkatauhan, nananabik sa kapayapaan,

kaginhawahan, at kapanatagan ng puso, ang mga tao ay muli't muling nadadala sa ilalim ng mga alon. Kapag hindi pa nauunawaan ng mga tao ang mga katanungan na pinakamahalagang maunawaan—kung saan sila nanggaling, bakit sila nabubuhay, saan sila patutungo, at iba pa—sila ay naaakit ng katanyagan at kapakinabangan, inililigaw, kinokontrol ng mga ito at tuluyan nang nawawala. Mabilis na lumilipas ang panahon; dumadaan ang mga taon sa isang kisapmata, at bago pa matanto ng isang tao, siya ay nakapagpaalam na sa pinakamaiinam na taon ng kanyang buhay. Kapag malapit nang lumisan ang isang tao mula sa mundo, unti-unti niyang natatanto na ang lahat sa mundo ay inaanod, na hindi na siya makakapit sa mga pag-aari niya na orihinal na sa kanya; doon tunay na nararamdaman ng isang tao na siya ay walang kahit anong pag-aari, tulad ng isang tumataghoy na sanggol na kalalabas lang sa mundo. Sa puntong ito, napipilitan siyang pag-isipan kung ano ang nagawa niya sa buhay, ano ang kabuluhan ng pagiging buhay, ano ang kahulugan nito, bakit naparito siya sa mundo. At sa puntong ito ay mas ninanais niyang malaman kung tunay na may kabilang buhay, kung tunay na mayroong Langit, kung talagang mayroong kabayaran.... Habang mas papalapit ang isang tao sa kamatayan, mas ninanais niyang maunawaan kung tungkol talaga saan ang buhay; habang mas papalapit siya sa kamatayan, tila nagiging mas hungkag ang puso niya; habang mas papalapit siya sa kamatayan, mas nararamdaman niya ang kawalang-kakayahan; kaya lumalaki ang takot niya sa kamatayan sa bawat araw. May dalawang dahilan kung bakit ipinamamalas ng mga tao ang ganitong mga pakiramdam habang papalapit sila sa kamatayan: Una, malapit nang mawala sa kanila ang katanyagan at kayamanan kung saan nila isinalig ang kanilang buhay, at iiwan na nila ang lahat ng nakikita sa mundo; at ikalawa, kakaharapin na nila, nang mag-isa, ang isang hindi pamilyar na mundo, isang misteryoso at di-kilalang mundo na natatakot silang puntahan, kung saan ay wala silang mga mahal sa buhay at walang susuporta. Dahil sa dalawang dahilang ito, lahat ng humaharap sa kamatayan ay di-mapalagay, nagugulumihan, at nakakaranas ng kawalang-kakayahan na hindi nila kailanman naranasan. Kapag ang mga tao ay talagang nakarating na sa puntong ito ay saka pa lamang nila matatanto na ang unang bagay na dapat maunawaan ng isang tao, kapag umapak sila sa mundong ito, ay kung saan nanggaling ang mga tao, bakit buhay ang mga tao, sino ang nagdidikta ng kapalaran ng tao, sino ang nagbibigay at may kataas-taasang kapangyarihan sa pag-iral ng tao. Sa kaalamang ito tunay na nabubuhay ang isang tao, ang pangunahing batayan para patuloy na mabuhay ang tao—hindi ang pagkakatatuto kung paano suportahan ang sariling pamilya, o kung paano makakamtan ang katanyagan at kayamanan, hindi ang matutuhan kung paano mamumukod-tangi sa karamihan ng tao o kung paano magkaroon ng isang mas marangyang pamumuhay, mas lalong hindi upang matutuhan kung paano mangibabaw o matagumpay na makipagpaligsahan sa iba. Bagaman ang pinaggugugulan ng mga tao ng kanilang buhay na pagiging mahusay sa iba't ibang kasanayan para maipagpatuloy ang buhay ay maaaring makapaghandog ng kasaganaan sa mga materyal na kaginhawahan, ang

mga ito ay di-kailanman nakapagdadala sa puso ng isang tao ng tunay na kapayapaan at kasiyahan, sa halip ay patuloy na nagiging dahilan ang mga ito para mawala ng mga tao ang kanilang direksyon, mahirapang kontrolin ang kanilang mga sarili, mapalampas ang bawat pagkakataon na matutuhan ang kabuluhan ng buhay; ang mga kasanayan na ito na para sa patuloy na pamumuhay ay lumilikha ng pagkaligalig kung paano angkop na haharapin ang kamatayan. Sa ganitong paraan, nasisira ang mga buhay ng mga tao. Tinatrato ng Lumikha ang lahat nang patas, binibigyan ang bawat isa ng panghabambuhay na mga pagkakataon na maranasan at makilala ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan, subalit tanging kapag papalapit na ang kamatayan, kapag nakaamba na sa isang tao ang kawit ni kamatayan, ay saka pa lamang makikita ng tao ang liwanag—at kapag nagkagayon ay huling-huli na ang lahat.

Ginugugol ng mga tao ang kanilang mga buhay sa paghahanap ng salapi at katanyagan; mahigpit silang kumakapit sa mga dayaming ito, iniisip na ang mga ito ang tanging paraan nila ng suporta, na para bang kung mayroon sila nito ay maaari silang patuloy na mabuhay, na maaari silang malibre sa kamatayan. Subalit kapag malapit na silang mamatay doon lamang nila natatanto kung gaano kalayo ang mga bagay na ito sa kanila, kung gaano sila kahina sa harap ng kamatayan, kung gaano sila kadaling mabasag, kung gaano sila kalungkot at tila walang-kakayahan, at walang matatakbuhan. Natatanto nila na ang buhay ay hindi nabibili ng salapi at katanyagan, na gaano man kayaman ang isang tao, gaano man kataas ang kanyang posisyon, lahat ng tao ay pantay-pantay na mahihirap at walang halaga sa harap ng kamatayan. Natatanto nila na hindi nabibili ng pera ang buhay, na hindi mabubura ng katanyagan ang kamatayan, na alinman sa pera o katanyagan ay di-makapagpapahaba ng buhay ng isang tao nang kahit na isang minuto o kahit na isang segundo. Habang mas lalong ganito ang nararamdaman ng mga tao, lalo nilang ninanais na patuloy na mabuhay; habang mas nararamdaman ito ng mga tao, mas kinatatakutan nila ang pagsapit ng kamatayan. Tanging sa punto lang na ito nila tunay na napagtatanto na ang kanilang mga buhay ay hindi sa kanila, hindi sa kanila para kontrolin, at walang sinuman ang makapagsasabi kung siya ay mabubuhay o mamamatay—ang lahat ng ito ay wala sa kanyang kontrol.

4) Magpasakop sa Kapamahalaan ng Lumikha at Mahinahon na Harapin ang Kamatayan

Sa sandaling ipanganak ang isang tao, sinisimulan ng isang malungkot na kaluluwa na danasin ang buhay sa mundo, na danasin ang awtoridad ng Lumikha na isinaayos ng Lumikha para sa kanya. Hindi man kailangang sabihin, para sa tao—sa kaluluwa—ito ay isang napakagandang pagkakataon upang magkaroon ng kaalaman tungkol sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, na makilala ang Kanyang awtoridad at personal na maranasan ito. Nabubuhay ang mga tao sa ilalim ng mga batas ng kapalaran na inilatag para sa kanila ng Lumikha, at para sa sinumang makatwirang tao na may konsensya, ang pagtanggap sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha at

malaman ang Kanyang awtoridad sa loob ng ilang dekada ng kanilang buhay ay isang bagay na hindi mahirap gawin. Kaya napakadali dapat para sa isang tao na makilala, sa pamamagitan ng kanyang sariling mga karanasan sa buhay sa nakaraang ilang dekada, na ang lahat ng kapalaran ng tao ay pauna nang itinadhana, at madali na dapat niyang maunawaan o ibuod kung ano ang kahulugan ng maging buhay. Kasabay ng pagyakap ng isang tao sa mga aral na ito sa buhay, unti-unti niyang mauunawaan kung saan nanggagaling ang buhay at maiintindihan kung ano ang tunay na kinakailangan ng puso, kung ano ang makapagdadala sa kanya sa tunay na landas ng buhay, at kung ano dapat ang misyon at mithiin sa buhay ng tao. Unti-unting makikilala ng tao na kung hindi niya sasambahin ang Lumikha, kung hindi siya pasasailalim sa Kanyang kapamahalaan, kung gayon kapag dumating na ang panahon na haharapin na niya ang kamatayan—kapag ang isang kaluluwa ay haharap nang muli sa Lumikha—mapupuno ang kanyang puso ng walang hanggang takot at pagkabalisa. Kapag ilang dekada nang nabubuhay ang isang tao sa mundo subalit hindi pa rin niya alam kung saan nanggaling ang buhay ng tao at hindi pa rin niya nakikilala kung kaninong palad nakalagay ang kapalaran ng tao, kung gayon ay hindi nakapagtataka na hindi niya makakayang harapin ang kamatayan nang mahinahon. Ang isang tao na nakatamo ng kaalaman sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha matapos makaranas ng ilang dekada ng buhay, ay isang tao na may tamang pagpapahalaga sa kahulugan at halaga ng buhay. Ang taong ito ay may malalim na kaalaman sa layunin ng buhay, may tunay na karanasan at pagkaunawa sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, at higit pa ryan ay may kakayahan na magpasailalim sa awtoridad ng Lumikha. Nauunawaan ng ganoong tao ang kahulugan ng paglikha ng Diyos sa sangkatauhan, nauunawaan niya na dapat sambahin ng tao ang Lumikha, na ang lahat ng pag-aari ng tao ay nagmumula sa Lumikha at babalik sa Kanya balang-araw sa hindi malayong hinaharap. Nauunawaan ng ganoong tao na ang Lumikha ang nagsasaayos ng kapanganakan ng tao at may kataas-taasang kapangyarihan sa kamatayan ng tao, at ang kapwa buhay at kamatayan ay pauna nang itinadhana ng awtoridad ng Lumikha. Kaya, kapag tunay na naiintindihan ng isang tao ang mga bagay na ito, siya ay natural na makakaharap sa kamatayan nang mahinahon, isinasantabi ang lahat ng makasanlibutang pag-aari niya nang mahinahon, tinatanggap at masayang nagpapasailalim sa lahat ng kasunod, at malugod na tinatanggap ang huling sugpungan ng buhay na isinaayos ng Lumikha sa halip na walang taros na katakutan at labanan ito. Kung tinitingnan ng isang tao ang buhay bilang isang pagkakataon para maranasan ang kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha at makilala ang Kanyang awtoridad, kung nakikita niya na ang kanyang buhay ay isang pambihirang pagkakataon upang gampanan ang sariling tungkulin bilang isang nilikhang tao at tuparin ang kanyang misyon, kung gayon ay talagang magkakaroon siya ng wastong pananaw sa buhay, tiyak na magkakaroon ng buhay na pinagpapala at ginagabayan ng Lumikha, siguradong lalakad sa liwanag ng Lumikha, tiyak na makikilala ang kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, talagang magpapasailalim sa Kanyang

kapamahalaan, siguradong magiging isang saksi sa Kanyang mahimalang mga gawa, at sa Kanyang awtoridad. Hindi man kailangang sabihin, ang ganoong tao ay talagang minamahal at tinatanggap ng Lumikha, at tanging ang ganoong tao ang maaaring magkaroon ng mahinahong saloobin sa kamatayan at magagalak na salubungin ang huling sugpungan ng buhay. Ang isang tao na malinaw na nagkaroon ng ganitong uri ng saloobin ukol sa kamatayan ay si Job. Nasa posisyon noon si Job na masayang tanggapin ang huling sugpungan ng buhay, at nang ang kanyang paglalakbay sa buhay ay humantong na sa isang maayos na katapusan at nang makumpleto na ang kanyang misyon sa buhay, bumalik na siya sa tabi ng Lumikha.

5) Ang mga Pagsusumikap at mga Natamo ni Job sa Buhay ang Nagpahintulot sa Kanya na Mahinahong Harapin ang Kamatayan

Sa Bibliya nasusulat ang tungkol kay Job: “Gayon namatay si Job, na matanda at puspos ng mga kaarawan” (Job 42:17). Ito ay nangangahulugan na nang namatay si Job, wala siyang mga panghihinayang at hindi siya nakaramdam ng sakit, bagkus ay natural siyang lumisan sa mundong ito. Gaya ng nababatid ng lahat, si Job ay isang tao na may takot sa Diyos at iniwasan ang kasamaan noong siya ay nabubuhay pa. Ang kanyang mga gawa ay pinapurihan ng Diyos at inalala ng mga tao, at ang kanyang buhay ay maaaring sabihin na nagkaroon ng halaga at kabuluhan na higit kaysa kaninuman. Tinamasa ni Job ang mga pagpapala ng Diyos at tinawag Niya siyang matuwid sa lupa, at siya ay sinubok din ng Diyos, at tinukso ni Satanas. Naging saksi siya ng Diyos at naging marapat na matawag Niya na isang matuwid na tao. Ilang dekada matapos siyang subukin ng Diyos, nagkaroon siya ng buhay na higit na mahalaga, makahulugan, makatwiran, at mapayapa kaysa dati. Dahil sa kanyang matuwid na mga gawa, sinubok siya ng Diyos, dahil din sa kanyang matuwid na mga gawa, nagpakita sa kanya ang Diyos at direktang nakipag-usap sa kanya. Kaya sa mga taon matapos siyang subukin, naunawaan at pinahalagahan ni Job ang halaga ng buhay sa isang mas konkretong paraan, nagkamit ng mas malalim na pagkaunawa sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, at nagtamo ng mas tumpak at tiyak na kaalaman kung paano nagbibigay at nag-aalis ng Kanyang mga pagpapala ang Lumikha. Itinatala ng Aklat ni Job na nagkaloob ang Diyos na si Jehova ng mas maraming mga pagpapala kay Job kaysa sa ibinigay Niya sa kanya noon na naglagay kay Job sa mas mainam pang posisyon upang kilalanin ang kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha at harapin ang kamatayan nang mahinahon. Kaya nang tumanda na at naharap na si Job sa kamatayan ay tiyak na hindi siya nangamba tungkol sa kanyang mga ari-arian. Wala siyang mga alalahanin, walang pinanghihinayangan, at siyempre hindi siya natakot sa kamatayan, sapagkat ginugol niya ang buong buhay niya na may takot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan. Wala siyang dahilan upang mag-alala tungkol sa sarili niyang katapusan. Ilan bang tao ngayon ang makakayang kumilos tulad ng lahat ng ginawa ni Job nang kanyang harapin ang sarili niyang kamatayan? Bakit walang sinuman ang

nakakapagpanatili ng ganoong kasimpleng panlabas na tikas? Isa lang ang dahilan: Nabuhay si Job sa pansariling pagsusumikap sa paniniwala, pagkilala, at pagpapasakop sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, at dahil sa paniniwala, pagkilala, at pagpapasakop na ito, nakalampas siya sa mahahalagang sugpungan ng buhay, isinabuhay ang kanyang mga huling taon, at binati ang panghuling sugpungan ng kanyang buhay. Anuman ang naranasan ni Job, ang mga pinagsikapan at layunin niya sa buhay ay masasaya at hindi masasakit. Siya ay maligaya hindi dahil sa mga pagpapala o papuri na iginawad sa kanya ng Lumikha, kundi mas mahalaga pa rito, dahil sa kanyang mga pinagsikapan at layunin sa buhay, dahil sa lumalagong kaalaman at tunay na pagkaunawa sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha na kanyang natamo sa pamamagitan ng pagkatakot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan, at dagdag pa rito, dahil sa nakamamanghang mga gawa Niya na personal na naranasan ni Job sa panahon na napailalim siya sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, at sa magiliw at di-malilimutang mga karanasan at mga alaala ng pakikipamuhay, pakikipagkilala, at kapwa pagkakaunawaan sa pagitan ng tao at ng Diyos. Si Job ay masaya dahil sa kapanatagan at kagalakan na nagmula sa kaalaman tungkol sa kalooban ng Lumikha, at dahil sa pagpipitagang lumitaw matapos makita na Siya ay dakila, kamangha-mangha, kaibig-ibig, at matapat. Ang dahilan kung bakit nakayang harapin ni Job ang kamatayan nang walang paghihirap ay dahil batid niya na sa kanyang pagkamatay, siya ay babalik sa tabi ng Lumikha. Ang mga pinagsikapan at natamo niya sa buhay ang nagpahintulot sa kanya na harapin ang kamatayan nang mahinahon, ang nagpahintulot sa kanya na harapin ang posibilidad na mahinahong babawiin ng Lumikha ang kanyang buhay, at dagdag pa rito, ang nagpahintulot sa kanya na makatindig nang walang dungis at walang inaalala sa harap ng Lumikha. Maaari kayang matamo ng mga tao sa kasalukuyan ang ganitong uri ng kaligayahan na naangkin ni Job? Kayo ba ay nasa posisyon na gawin ito? Yamang nasa ganitong posisyon ang mga tao sa kasalukuyan, bakit hindi nila nagagawang mamuhay nang maligaya tulad ni Job? Bakit hindi nila matakasan ang paghihirap mula sa takot sa kamatayan? Kapag nahaharap sa kamatayan, may ilang tao na hindi mapigilang mapaihi; ang iba ay nanginginig, nahihimatay, nagagalit sa Langit at pati na sa tao; ang ilan ay nananaghoy pa nga at tumatangis. Ang mga ito ay hindi biglaang mga reaksiyon na nangyayari kapag papalapit na ang kamatayan. Ang pangunahing sanhi kaya kumikilos ang mga tao sa ganitong nakakahiyang mga paraan ay sapagkat sa kaibuturan ng kanilang mga puso, takot sila sa kamatayan, sapagkat wala silang malinaw na kaalaman at pagpapahalaga sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos at sa Kanyang mga pagsasaayos, at lalong hindi sila tunay na nagpapasakop sa mga iyon. Ang mga tao ay tumutugon sa ganitong paraan sapagkat wala silang ibang gusto kundi ang isaayos at pamahalaan nila mismo ang lahat ng bagay, ang kontrolin ang sarili nilang kapalaran, ang sarili nilang mga buhay at kamatayan. Hindi kataka-taka, samakatwid, na kailanman ay hindi magawang takasan ng mga tao ang takot sa kamatayan.

6) Tanging sa Pagtanggap sa Kataas-taasang Kapangyarihan ng Lumikha Maaaring Makabalik ang Isang Tao sa Kanyang Tabi

Kapag ang isang tao ay walang malinaw na pagkaunawa at karanasan sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos at sa Kanyang mga pagsasaayos, tiyak na magiging magulo ang kaalaman niya tungkol sa kapalaran at sa kamatayan. Hindi makita ng mga tao nang malinaw na ang lahat ng bagay ay nasa palad ng Diyos, hindi nila natatanto na ang lahat ng bagay ay nasa ilalim ng kontrol at kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, hindi nila kinikilala na hindi maaaring isantabi o matakasan ang ganoong kataas-taasang kapangyarihan. Dahil dito, kapag nahaharap na sila sa kamatayan, walang katapusan ang kanilang huling mga salita, alalahanin, at panghihinayang. Nabibigatan sila sa labis na mga pasanin, sobrang pag-aatubili, at lubhang pagkalito. Nagiging dahilan ang lahat ng ito para matakot sila sa kamatayan. Para sa sinumang isinilang sa mundong ito, ang kanilang kapanganakan ay kinakailangan at ang kanilang kamatayan ay hindi maiiwasan; walang sinumang makakalampas sa kaganapang ito. Kung nais ninuman na lisanin ang mundong ito nang hindi nasasaktan, kung nais ng isang tao na harapin ang huling sugpungan ng buhay na walang pag-aatubili o pag-aalala, ang tanging paraan ay ang lumisan nang walang mga panghihinayang. At ang tanging paraan ng paglisan na walang mga panghihinayang ay ang makilala ang kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, ang makilala ang Kanyang awtoridad, at ang magpasakop sa mga ito. Tanging sa ganitong paraan maaaring manatiling malayo mula sa mga alitan ng tao, mula sa kasamaan, mula sa pang-aalipin ni Satanas, at tanging sa ganitong paraan maaaring mabuhay ang isang tao na tulad ni Job, na ginagabayan at pinagpapala ng Lumikha, isang buhay na malaya at hindi nakagapos, isang buhay na may kahalagahan at kahulugan, isang buhay na tapat at bukas-puso. Tanging sa ganitong paraan maaaring magpasakop ang isang tao, tulad ni Job, sa mga pagsubok at pagkakait ng Lumikha at sa mga pangangasiwa at pagsasaayos ng Lumikha. Tanging sa ganitong paraan maaaring sambahin ng isang tao ang Lumikha nang buong buhay niya at makamit ang Kanyang papuri, gaya ng nangyari kay Job, at marinig ang Kanyang tinig at makita Siya. Tanging sa ganitong paraan maaaring mabuhay at mamatay ang isang tao nang maligaya, tulad ni Job, na walang sakit, walang inaalala, walang mga panghihinayang. Tanging sa ganitong paraan maaaring mabuhay sa liwanag, tulad ni Job, at daanan ang bawat sugpungan ng buhay sa liwanag, maayos na kinukumpleto ang sariling paglalakbay sa liwanag, at matagumpay na tinatapos ang sariling misyon—upang maranasan, matutuhan, at malaman ang kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha bilang isang nilalang—at mamatay sa liwanag, at magpakailanman ay tumindig sa tabi ng Lumikha bilang isang taong nilalang, na pinupuri Niya.

Huwag Palampasin ang Pagkakataon na Makilala ang Kataas-taasang Kapangyarihan ng Lumikha

Ang anim na sugpungan na inilarawan sa itaas ay mahahalagang yugto na isinaayos

ng Lumikha na dapat pagdaanan ng bawat normal na tao sa kanyang buhay. Sa pananaw ng isang tao, ang bawat isa sa mga sugpungang ito ay tunay, wala ni isa man dito ang maaaring matakasan, at lahat ay nauugnay sa paunang pagtatadhana at kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha. Kaya para sa isang tao, bawat isa sa mga sugpungang ito ay isang mahalagang checkpoint, at kung paano matagumpay na dumaan sa bawat isa sa mga ito ang seryosong katanungan na kinakaharap ninyong lahat ngayon.

Ang ilang dekadang bumubuo sa buhay ng tao ay hindi mahaba at hindi rin maikli. Ang humigit-kumulang na dalawampung taon sa pagitan ng kapanganakan at pagkahinog ng gulang ay lumilipas sa isang kisapmata, at bagaman sa puntong ito ng buhay ang tao ay itinuturing nang isang may hustong gulang, ang mga tao sa grupo ng edad na ito ay walang alam tungkol sa buhay ng tao at kapalaran ng tao. Habang nagkakaroon sila ng mas maraming karanasan, sila ay unti-unting dumarating sa kalagitnaang edad. Ang mga tao sa edad na tatlumpu at apatnapu ay nagtatamo ng umuusbong na karanasan sa buhay at kapalaran, subalit ang kanilang mga ideya tungkol sa mga bagay na ito ay masyado pa ring malabo. Pagsapit sa edad na apatnapu pa lamang nagsisimulang maunawaan ng ilang tao ang sangkatauhan at ang sansinukob, na nilikha ng Diyos, at maintindihan ang layunin ng buhay ng tao, ang layunin ng kapalaran ng tao. May ilang tao na, bagaman matagal nang mga tagasunod ng Diyos at ngayon ay nasa kalagitnaang gulang na, ay hindi pa rin nag-aangkin ng tamang kaalaman at kahulugan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, at lalong walang tunay na pagpapasakop. May ilang tao na walang pakialam maliban sa paghahangad na makatanggap ng mga pagpapala, at bagaman maraming taon na silang nabubuhay, hindi nila alam o nauunawaan ni katiting ang katunayan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha sa kapalaran ng tao, at hindi pa humahakbang nang kahit bahagya man lamang tungo sa praktikal na aral ng pagpapasakop sa mga pangangasiwa at pagsasaayos ng Diyos. Ang mga taong tulad nito ay hangal na hangal, at sila ay nabubuhay nang walang kabuluhan.

Kung ang mga panahon sa buhay ng tao ay hinati-hati ayon sa antas ng karanasan sa buhay ng mga tao at kaalaman nila sa kapalaran ng tao, ang mga ito ay humigit-kumulang na mahahati sa tatlong bahagi. Ang unang bahagi ay ang kabataan, ang mga taon sa pagitan ng kapanganakan at kalagitnaang edad, o mula kapanganakan hanggang tatlumpung taon. Ang ikalawang bahagi ay ang panahon ng kahustuhan ng pag-iisip, mula kalagitnaang edad hanggang katandaan, o simula sa tatlumpu hanggang animnapung taon. At ang ikatlong bahagi ay ang panahon ng katandaan ng isang tao, na nag-uumpisa sa edad ng katandaan, simula sa animnapung taon, hanggang sa lisanin niya ang mundo. Sa ibang mga salita, mula kapanganakan hanggang kalagitnaang edad, karamihan sa kaalaman ng mga tao sa kapalaran at sa buhay ay limitado sa paggaya sa mga ideya ng iba at halos walang tunay at praktikal na diwa. Sa panahong ito, ang pagtingin sa buhay ng isang tao at kung paano niya tatahakin ang

kanyang daan sa mundo ay talagang mababaw at walang muwang. Ito ang panahon ng kabataan. Kapag natikman na ng isang tao ang lahat ng galak at pighati sa buhay ay saka pa lamang niya matatamo ang isang tunay na pagkaunawa sa kapalaran, at—nang hindi namamalayan at sa kaibuturan ng kanyang puso—ay unti-unti niyang mapapahalagahan na hindi maaaring mabaliktad ang kapalaran, at dahan-dahan niyang matatanto na ang kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha sa kapalaran ng tao ay tunay na umiiral. Ito ang panahon ng kahustuhan ng pag-iisip. Pumapasok ang isang tao sa panahon ng kahustuhan ng pag-iisip kapag ang isang tao ay huminto na sa pakikibaka laban sa kapalaran, at kapag siya ay hindi na handang mapasali sa mga pag-aaway, at sa halip ay alam na ang sariling kapalaran sa buhay, nagpapasakop sa kalooban ng Langit, binubuod ang sariling mga nagawa at mga pagkakamali sa buhay, at naghihintay sa paghatol ng Lumikha sa kanyang buhay. Kung isasaalang-alang ang iba't ibang karanasan at mga natamo ng mga tao na nakamtan sa tatlong kapanahunang ito, sa normal na mga kalagayan, kakaunti lamang ang mga pagkakataon ng isang tao na malaman ang kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha. Kung mabubuhay ang isang tao hanggang animnapung taon, siya ay may tatlumpung taon lamang o mahigit pa upang malaman ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos; kung nais niya ng mas mahabang panahon, posible lamang iyon kung ang buhay ng isang tao ay sapat ang haba, kung siya ay mabubuhay sa loob ng isang siglo. Kaya sinasabi Ko, ayon sa normal na mga batas ng pag-iral ng tao, bagaman ito ay isang napakahabang proseso mula nang unang makatagpo ng tao ang paksa tungkol sa pag-alam sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha hanggang sa makilala niya ang katunayan ng kataas-taasang kapangyarihang iyon, at mula roon hanggang sa punto na kaya na niyang magpasakop dito, kung talagang bibilangin niya ang mga taon, wala pang higit na tatlumpu o apatnapung taon ang panahon kung kailan may pagkakataon siyang matamo ang mga gantimpalang ito. At kadalasan, ang mga tao ay nadadala ng kanilang mga pagnanais at ng kanilang mga ambisyon na makatanggap ng mga pagpapala na hindi na nila mabatid kung saan naroon ang diwa ng buhay ng tao at hindi nila naiintindihan ang kahalagahan ng pag-alam sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha. Hindi itinatangi ng mga taong tulad nito ang ganitong kahalagang pagkakataon na pumasok sa mundo ng tao upang maranasan ang buhay ng tao at ang kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, at hindi nila natatanto kung gaano kahalaga para sa isang nilikhang tao na makatanggap ng personal na paggabay ng Lumikha. Kaya sinasabi Ko, sa mga taong nagnanais na agad na matapos ang gawain ng Diyos, sa mga nagnanais na sana ay isaayos na agad ng Diyos ang katapusan ng tao sa lalong madaling panahon upang makita na nila kaagad ang Kanyang persona at agad silang pagpalain sa lalong madaling panahon—ginagawa nila ang pinakamalubhang uri ng pagsuway at sukduhan ang kanilang kahangalan. Samantala, ang mga nagnanais, sa panahon ng kanilang limitadong oras, na maintindihan ang natatanging pagkakataong ito na malaman ang kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, ay ang marurunong sa mga tao at

nagtataglay ng pinakamataas na talino. Ang dalawang magkaibang pagnanais na ito ay naglaland ng dalawang lubhang magkaibang pananaw at pinagsisikapan: Ang mga naghahanap ng mga pagpapala ay makasarili at napakasama at wala silang ipinakikitang pagsasaalang-alang sa kalooban ng Diyos, hindi nila kailanman hinahangad na malaman ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, at hindi sila kailanman naghahangad na magpasakop dito, ngunit nais lamang nilang mabuhay ayon sa kanilang kagustuhan. Sila ay masasamang taong walang pakialam at sila ang kategorya ng mga tao na mawawasak. Ang mga naghahangad na makilala ang Diyos ay nagagawang isantabi ang kanilang mga pagnanais, handang magpasailalim sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos at mga pagsasaayos ng Diyos, at sinusubukan nilang maging mga uri ng tao na nagpapasakop sa awtoridad ng Diyos at isinasakatuparan ang hangarin ng Diyos. Ang ganoong mga tao ay nabubuhay sa liwanag at sa gitna ng mga pagpapala ng Diyos, at tiyak na papupurihan sila ng Diyos. Ano man ang mangyari, ang pagpili ng tao ay walang silbi at ang mga tao ay walang masasabi kung gaano katagal ang gawain ng Diyos. Mas mabuti para sa mga tao na magpasakop sa pagsasaayos ng Diyos at magpasakop sa Kanyang kataas-taasang kapangyarihan. Kung hindi ka magpapasakop sa Kanyang pagsasaayos, ano ang magagawa mo? Mawawalan ba ng kahit ano ang Diyos? Kung hindi ka magpapasakop sa Kanyang pagsasaayos, at sa halip ay sinusubukan mong maging tagapamuno, kung gayon ay gumagawa ka ng kahangalan, at sa huli ay tanging ikaw lamang ang mawawalan. Kung makikipagtulungan lamang ang mga tao sa Diyos sa lalong madaling panahon, kung magmamadali lamang silang tanggapin ang Kanyang mga pangangasiwa, alamin ang Kanyang awtoridad, at unawain ang lahat ng ginawa Niya para sa kanila, doon lamang sila magkakaroon ng pag-asa. Ito lamang ang paraan upang hindi sila mamuhay nang walang saysay at makamit nila ang kaligtasan.

Walang Sinuman ang Maaaring Makapagpabago sa Katunayan na Taglay ng Diyos ang Kataas-taasang Kapangyarihan sa Kapalaran ng Tao

Matapos mapakinggan ang lahat ng Aking nasabi, nagbago ba ang inyong ideya tungkol sa kapalaran? Ano ang inyong pagkakaunawa sa katunayan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa kapalaran ng tao? Sa madaling salita, sa ilalim ng awtoridad ng Diyos, aktibo o pasibong tinatanggap ng bawat tao ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan at ang Kanyang mga pagsasaayos, at kahit paano pa nakikibaka sa kurso ng kanyang sariling buhay ang tao, kahit gaano pa karami ang mga baluktot na daan na nilalakaran niya, sa huli ay babalik siya sa landas ng kapalaran na iginuhit ng Lumikha para sa kanya. Ito ang pagiging di-nagagapi ng awtoridad ng Lumikha at ang paraan kung saan ang Kanyang awtoridad ang nagkokontrol at namamahala sa sansinukob. Ang pagiging di-nagagaping ito, ang anyong ito ng pagkontrol at pamamahala ang may pananagutan sa mga batas na nagdidikta sa mga buhay ng lahat ng bagay, ang nagpapahintulot sa mga taong isilang muli't muli nang walang

panghihimasok, ang regular na nagpapaikot at nagpapasulong sa mundo, araw-araw, taun-taon. Nasaksihan ninyo ang lahat ng katunayang ito at nauunawaan ang mga ito, sa mababaw man o malalim na paraan, at ang lalim ng inyong pagkaunawa ay nakabatay sa inyong karanasan at kaalaman sa katotohanan, at sa inyong kaalaman sa Diyos. Kung gaano kahusay mong nalalaman ang realidad ng katotohanan, kung gaano mo naranasan ang mga salita ng Diyos, kung gaano kahusay na nalalaman ang diwa at disposisyon ng Diyos—ang lahat ng ito ay kumakatawan sa lalim ng inyong pagkaunawa sa kataas-taasang kapangyarihan at pagsasaayos ng Diyos. Ang pag-iral ba ng kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos ay nakabatay sa pagpapasakop ng mga tao sa mga ito? Ang katunayan ba na nag-aangkin ang Diyos ng awtoridad na ito ay tinutukoy ng pagpapasakop ng sangkatauhan dito? Umiiral ang awtoridad ng Diyos kahit ano pa ang mga kalagayan. Sa lahat ng sitwasyon, idinidikta at isinasaayos ng Diyos ang kapalaran ng bawat tao at ng lahat ng bagay ayon sa Kanyang mga iniisip at sa Kanyang mga ninanais. Hindi ito magbabago dahil nagbabago ang mga tao; ito ay hindi umaasa sa kalooban ng tao at hindi maaaring baguhin ng anumang pagbabago sa panahon, espasyo, at heograpiya, sapagkat ang awtoridad ng Diyos ay ang Kanyang pinakadiwa. Nalalaman at tinatanggap man ng tao ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos o hindi, nagpapasakop man ang tao rito o hindi—hindi nito binabago nang kahit kaunti ang katunayan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa kapalaran ng tao. Ibig sabihin, kahit ano pa man ang saloobin ng tao sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, hindi nito maaaring basta na lang baguhin ang katunayan na ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa kapalaran ng tao at sa lahat ng bagay. Kahit na hindi ka nagpapasakop sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, Siya pa rin ang may hawak sa iyong kapalaran; kahit na hindi mo nalalaman ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan, umiiral pa rin ang Kanyang awtoridad. Ang awtoridad ng Diyos at ang katunayan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa kapalaran ng tao ay hindi umaasa sa kalooban ng tao, at hindi nagbabago ayon sa mga kagustuhan at mga pinipili ng tao. Ang awtoridad ng Diyos ay nasa lahat ng dako, sa bawat oras, sa bawat sandali. Ang Langit at lupa ay lilipas, ngunit ang Kanyang awtoridad ay hindi kailanman lilipas, sapagkat Siya ay ang Diyos Mismo, Siya ang nag-aangkin ng natatanging awtoridad, at ang awtoridad Niya ay hindi nalalagyan ng hangganan o nalilimitahan ng mga tao, mga pangyayari, o mga bagay, ng espasyo o ng heograpiya. Sa lahat ng panahon, hawak ng Diyos ang Kanyang awtoridad, ipinakikita Niya ang Kanyang lakas, ipinagpapatuloy gaya ng dati ang Kanyang gawain ng pamamahala; sa lahat ng panahon ay pinamamahalaan Niya ang lahat ng bagay, naglalaan para sa lahat ng bagay, isinasaayos ang lahat ng bagay—gaya ng palagi Niyang ginagawa. Walang sinuman ang makapagpabago rito. Ito ay totoo; ito ang hindi nagbabagong katotohanan mula pa noong unang panahon!

Ang Wastong Saloobin at Pagsasagawa ng Isang Tao na Nagnanais Magpasakop sa Awtoridad ng Diyos

Anong saloobin ang dapat taglay ng tao sa pag-alam at pagsasaalang-alang ng awtoridad ng Diyos at ng katunayan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa kapalaran ng tao? Ito ay tunay na problema na nasa harap ng bawat tao. Kapag nahaharap sa mga problema sa tunay na buhay, paano mo dapat alamin at unawain ang awtoridad ng Diyos at ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan? Kapag naharap ka sa ganitong mga problema at hindi mo alam kung paano unawain, harapin, at danasin ang mga ito, anong saloobin ang dapat mong angkinin upang ipakita ang iyong intensyong magpasakop, ang iyong pagnanais na magpasakop, at ang realidad ng iyong pagpapasakop sa kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos? Una, dapat mong matutuhan ang maghintay; sunod, dapat mong matutuhang maghanap; kasunod, dapat mong matutuhang magpasakop. Ang “paghihintay” ay nangangahulugan na paghihintay sa panahon ng Diyos, hinihintay ang mga tao, pangyayari, at bagay na Kanyang isinaayos para sa iyo, naghihintay sa Kanyang kalooban na unti-unting ibunyag sa iyo kung ano mismo ito. Ang ibig sabihin ng “paghahanap” ay pagmamasid at pag-unawa sa maalalahaning mga layunin ng Diyos para sa iyo sa pamamagitan ng mga tao, pangyayari, at bagay na inilatag Niya, pag-unawa sa katotohanan sa pamamagitan ng mga ito, pag-unawa sa dapat maisagawa ng tao at mga paraang dapat nilang sundin, pag-unawa sa mga resulta na nais na makamtan ng Diyos sa mga tao at ano ang mga gusto Niyang magawa sa kanila. Ang “pagpapasakop,” mangyari pa, ay tumutukoy sa pagtanggap sa mga tao, pangyayari, at bagay na isinaayos ng Diyos, pagtanggap sa Kanyang kataas-taasang kapangyarihan at, sa pamamagitan nito, ay malaman kung paano idinidikta ng Lumikha ang kapalaran ng tao, kung paano Niya tinutustusan ang tao ng Kanyang buhay, kung paano Niya pinapagana ang katotohanan sa tao. Lahat ng bagay sa ilalim ng mga pagsasaayos at kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos ay sumusunod sa natural na mga batas, at kung pagpasyahan mo na hayaan ang Diyos na isaayos at diktahan ang lahat para sa iyo, dapat mong matutuhan ang maghintay, dapat mong matutuhan ang maghanap, at dapat mong matutuhan ang magpasakop. Ito ang saloobin na dapat magkaroon ang bawat tao na nagnanais magpasakop sa awtoridad ng Diyos, ang pangunahing katangian na dapat taglayin ng bawat tao na nagnanais tanggapin ang kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos. Upang magkaroon ng ganoong saloobin at para magkaroon ng ganoong katangian, dapat ay lalo kang magpunyagi. Ito ang tanging paraan para makapasok sa tunay na realidad.

Ang Pagtanggap sa Diyos Bilang Iyong Natatanging Panginoon ang Unang Hakbang sa Pagtamo ng Kaligtasan

Ang mga katotohanan tungkol sa awtoridad ng Diyos ay mga katotohanan na dapat seryosong isaalang-alang ng bawat tao, na dapat maranasan at maunawaan sa kanilang

puso; sapagkat ang mga katotohanang ito ay may kinalaman sa buhay ng bawat tao; sa nakaraan, sa kasalukuyan, at sa hinaharap ng bawat tao; sa mahahalagang sugpungan na dapat pagdaanan ng bawat tao sa buhay; sa kaalaman ng tao sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos at sa saloobin na dapat niyang taglayin sa pagharap sa awtoridad ng Diyos; at siyempre, sa huling hantungan ng bawat tao. Kaya kinakailangan ng isang habambuhay na halaga ng enerhiya upang malaman at maunawaan ang mga ito. Kapag sineryoso mo ang awtoridad ng Diyos, kapag tinanggap mo ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, unti-unti mong matatanto at mauunawaan na ang awtoridad ng Diyos ay tunay na umiiral. Ngunit kung hindi mo kailanman kinilala ang awtoridad ng Diyos at hindi kailanman tinanggap ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan, kung gayon kahit ilang taon ka pang mabuhay, hindi ka magtatamo ng kahit bahagyang kaalaman sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos. Kung hindi mo tunay na nakikilala at nauunawaan ang awtoridad ng Diyos, kung gayon kapag nakarating ka sa dulo ng daan, kahit na naniwala ka na sa Diyos nang maraming dekada, wala kang maipapakita sa iyong buhay, at tiyak na wala ka ni pinakamaliit na kaalaman tungkol sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa kapalaran ng tao. Hindi ba't ito ay isang napakalungkot na bagay? Kaya kahit gaano pa kalayo ang nalakbay mo sa buhay, kahit gaano ka pa katanda ngayon, kahit gaano pa katagal ang natitira sa iyong paglalakbay, dapat mo munang kilalanin ang awtoridad ng Diyos at seryosohin ito, at tanggapin ang katunayan na ang Diyos ang iyong natatanging Panginoon. Ang makatamo ng malinaw at tamang kaalaman at pagkaunawa sa mga katotohanang ito tungkol sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa kapalaran ng tao ay isang sapilitang leksyon para sa lahat; ito ang susi sa pag-alam sa buhay ng tao at pagtamo sa katotohanan. Ganito ang buhay ng pagkilala sa Diyos, ang pangunahing kurso ng pag-aaral nito, na dapat harapin ng bawat isa bawat araw, at hindi maiiwasan ninuman. Kung may isa sa inyo na nais tahakin ang pinakamadaling daan upang makarating sa layuning ito, kung gayon ay sinasabi Ko sa iyo, imposible iyon! Kung nais mong takasan ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, mas lalong imposible iyon! Ang Diyos lamang ang tanging Panginoon ng tao, ang Diyos lamang ang tanging Panginoon ng kapalaran ng tao, kaya imposible para sa tao na diktahan ang sarili niyang kapalaran at imposible para sa kanya na humakbang palayo rito. Kahit gaano pa kagaling ang mga kakayahan ng tao, hindi niya maaaring maimpluwensyahan—lalong hindi niya mapangangasiwaan, maisasaayos, makokontrol, o mababago—ang mga kapalaran ng iba. Ang mismong natatanging Diyos lamang ang nagdidikta ng lahat ng bagay para sa tao. Sapagkat ang natatanging Diyos Mismo lamang ang nagtataglay ng natatanging awtoridad na may kataas-taasang kapangyarihan sa kapalaran ng tao, tanging ang Lumikha ang natatanging Panginoon ng tao. Ang awtoridad ng Diyos ang may tangan sa kataas-taasang kapangyarihan hindi lamang sa ibabaw ng nilikhang sangkatauhan, ngunit maging sa mga di-nilalang na hindi nakikita ng tao, sa mga bituin, sa kosmos. Ito ay isang hindi mapapabulaanang katunayan, isang katunayan na tunay na umiiral, na

hindi maaaring mabago ninuman o ng anuman. Kung may isa sa inyo ang hindi pa rin nasisiyahan sa mga bagay sa kasalukuyan, naniniwala na ikaw ay may ilang espesyal na kasanayan o kakayahan, at iniisip pa rin na kapag dinapuan ka ng suwerte ay mababago mo ang iyong kasalukuyang mga kalagayan o di-kaya ay matakasan ang mga ito; kung pagtatangkaan mong baguhin ang iyong sariling kapalaran sa mga paraan ng pagpupunyagi ng tao, at nang sa gayon ay mamukod-tangi sa iba at magtamo ng katanyagan at kapakinabangan; kung gayon ay sinasabi Ko sa iyo, ginagawa mong mas mahirap ang mga bagay para sa iyong sarili, naghahanap ka lamang ng gulo at hinuhukay mo ang iyong sariling libingan! Isang araw, sa malao't madali, matutuklasan mo na mali ang pinili mo, na nasayang ang iyong mga pagpupunyagi. Ang iyong ambisyon, ang iyong pagnanais na makipagbuno laban sa kapalaran, at ang iyong sariling kasuklam-suklam na pag-uugali, ang magdadala sa iyo sa walang pabalik na daan, at dahil dito ay magbabayad ka ng mapait na halaga. Bagaman sa kasalukuyan ay hindi mo nakikita ang kalubhaan ng kahihinatnan, habang iyong nararanasan at mas malalim na pinapahalagahan ang katotohanan na ang Diyos ang Panginoon ng kapalaran ng tao, unti-unti mong matatanto kung ano ang Aking sinasabi ngayon at ang tunay na mga implikasyon nito. Kung tunay mang mayroon kang puso at espiritu, kung ikaw man ay isang tao na nagmamahal sa katotohanan, ay nakasalalay sa uri ng saloobing mayroon ka tungkol sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos at tungkol sa katotohanan. At natural, ito ang tumutukoy kung maaari mong tunay na malaman at maunawaan ang awtoridad ng Diyos. Kung hindi mo pa kailanman naramdaman sa iyong buhay ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos at ang Kanyang mga pagsasaayos, lalo na ang kilalanin at tanggapin ang awtoridad ng Diyos, kung gayon ikaw ay magiging lubos na walang halaga, at walang duda na ikaw ay kamumuhian at tatanggihan ng Diyos, dahil sa landas na iyong tinahak at sa pagpiling ginawa mo. Subalit sa gawain ng Diyos, ang mga kayang tanggapin ang Kanyang pagsubok, tanggapin ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan, magpasakop sa Kanyang awtoridad, at unti-unting magkamit ng tunay na karanasan sa Kanyang mga salita, ay makapagkakamit ng tunay na kaalaman sa awtoridad ng Diyos, tunay na pagkaunawa sa Kanyang kataas-taasang kapangyarihan; sila ay totoong makakapagpasailalim sa Lumikha. Tanging ang ganoong mga tao ang talagang maliligtas. Sapagkat kanilang nakilala ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, sapagkat tinanggap nila ito, tunay at tumpak ang kanilang pagpapahalaga at pagpapasakop sa katotohanan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa kapalaran ng tao. Kapag sila ay naharap sa kamatayan, tulad ni Job, magkakaroon sila ng kaisipan na hindi natatakot sa kamatayan, at magpapasakop sila sa mga pagsasaayos at paghahanda ng Diyos sa lahat ng bagay, na walang indibidwal na pagpili, na walang indibidwal na pagnanais. Tanging ang ganoong tao ang makakabalik sa tabi ng Lumikha bilang isang tunay na nilalang na tao.

Disyembre 17, 2013

Ang Diyos Mismo, ang Natatangi IV

Ang Kabanalan ng Diyos (I)

Nagkaroon tayo ng ilang karagdagang pagbabahagi sa ating huling pulong tungkol sa awtoridad ng Diyos. Sa ngayon, hindi natin tatalakayin ang tungkol sa pagkamakatuwiran ng Diyos. Ang pag-uusapan natin ngayon ay isang ganap na bagong paksa—ang kabanalan ng Diyos. Ang kabanalan ng Diyos ay isa pang aspeto ng natatanging diwa ng Diyos, kung kaya’t napakahalagang magbahagian tayo tungkol sa paksang ito. Nagbahagi ako noon ng dalawang iba pang aspeto ng diwa ng Diyos—ang matuwid na disposisyon ng Diyos at ang awtoridad ng Diyos; natatangi bang lahat ang aspetong ito, at ang aspetong ibabahagi ko ngayon? (Oo.) Natatangi rin ang kabanalan ng Diyos, kaya ang bumubuo sa batayan at ugat ng pagiging natatanging ito ang tema para sa ating pagbabahagi ngayon. Ngayon ay magbabahagian tayo tungkol sa natatanging diwa ng Diyos—ang Kanyang kabanalan. Marahil, ang ilan sa inyo ay may ilang pag-aalinlangan, at nagtatanong, “Bakit dapat tayong magbahagian tungkol sa kabanalan ng Diyos?” Huwag mag-aalala, marahan Ko itong ipaliliwanag sa inyo. Kapag narinig na ninyo ang kailangan Kong sabihin, malalaman ninyo kung bakit lubhang kinakailangan Kong maibahagi ang paksang ito.

Bigyang-kahulugan muna natin ang salitang “banal.” Gamit ang inyong pang-unawa at ang lahat ng kaalaman na inyong natamo, ano ang inyong naiintindihan sa kahulugan ng “banal”? (Ang “banal” ay nangangahulugang walang dungis, ganap na walang katiwalian o mga kapintasan ng tao. Ang kabanalan ay naglalabas ng lahat ng positibong bagay, ito man ay sa iniisip, sinasabi o ginagawa.) Napakagaling. (Ang “banal” ay maka-Diyos, walang bahid, at hindi nabibigyan ng sama ng loob ng tao. Ito ay natatangi, ito ay tanging sa Diyos lamang at ito ang Kanyang sagisag.) Ito ang inyong pakahulugan. Sa puso ng bawat tao, itong salitang “banal” ay may saklaw, isang pakahulugan at isang interpretasyon. Kahit paano, kapag nakita ninyo ang salitang “banal,” ang inyong mga isip ay hindi hungkag. Mayroon kang partikular na saklaw ng pakahulugan para sa salitang ito, at ang mga kasabihan ng ilang tao ay bahagyang malapit sa mga kasabihang nagbibigay-kahulugan sa diwa ng disposisyon ng Diyos. Napakainam nito. Naniniwala ang karamihan ng mga tao na positibo ang salitang “banal,” at ito ay talagang totoo. Ngunit ngayon, habang nagbabahagian tayo tungkol sa kabanalan ng Diyos, hindi lamang Ako magsasalita tungkol sa mga kahulugan o paliwanag. Sa halip, maglalahad Ako ng ilang katunayan bilang katibayan upang maipakita sa iyo kung bakit sinasabi Ko na ang Diyos ay banal, at kung bakit ginagamit Ko ang salitang “banal” upang ilarawan ang diwa ng Diyos. Sa oras na matapos ang ating pagbabahagi, mararamdaman mo na ang paggamit ng salitang “banal” upang bigyang-kahulugan ang diwa ng Diyos at upang tukuyin ang Diyos ay lubos na nabigyang-katwiran at pinakaangkop. Kahit paano, sa konteksto ng kasalukuyang wika ng tao, ang paggamit ng salitang ito upang tukuyin ang Diyos ay talagang naaangkop—ito lamang sa lahat ng salita sa wika ng tao ang

pinakaakma na tumukoy sa Diyos. Ang salitang ito, kapag ginamit upang tukuyin ang Diyos, ay hindi isang hungkag na salita, ni hindi rin ito isang kataga ng pagpupuri na walang batayan o isang hungkag na papuri. Ang layunin ng ating pagbabahagi ay upang tulutan ang bawat tao na makilala ang katotohanan ng aspetong ito ng diwa ng Diyos. Hindi natatakot ang Diyos sa nauunawaan ng tao, ngunit natatakot Siya sa maling pagkaunawa ng tao. Nais ng Diyos na makilala ng bawat tao ang Kanyang diwa at kung ano ang mayroon at kung ano Siya. Kaya tuwing binabanggit natin ang isang aspeto ng diwa ng Diyos, makapagsasabi tayo ng maraming bagay na napatunayan upang matulutan ang mga tao na makita na ang aspetong ito ng diwa ng Diyos ay talagang umiiral.

Ngayong mayroon na tayong kahulugan ng salitang “banal,” talakayin natin ang ilang halimbawa. Sa mga kuru-kuro ng mga tao, inaakala nilang “banal” ang maraming bagay at tao. Halimbawa, itinuturing na banal ang birheng mga lalaki at mga babae sa mga diksyonaryo ng sangkatauhan. Ngunit sila ba’y talagang banal? Ang tinatawag bang “banal” na ito at ang “banal” na ating pinagbabahagian ngayon ay iisa at magkapareho? Ang mga nabibilang sa mga tao na may marangal na moralidad, na may pino at edukadong pananalita, na kailanman ay hindi nakapanakit kaninuman, at nagagawang panatag at kalugud-lugod ang iba kapag sila ay nagsasalita—sila ba’y banal? Ang mga laging gumagawa ng kabutihan, mga mapagkawanggawa at nagbibigay ng malaking tulong sa iba, ang mga nagdudulot ng malaking kasiyahan sa mga buhay ng tao—sila ba’y banal? Ang mga hindi nagkikimkim ng mga makasariling pag-iisip, hindi nanghihingi nang labis sa sinuman, nagpaparaya kaninuman—sila ba’y banal? Ang mga hindi kailanman nakipagtalo sa kaninuman ni nagsamantala kaya sa kaninuman—sila ba’y banal? At paano naman yaong mga gumagawa para sa kabutihan ng iba, na pinakikinabangan ng iba at nagdudulot ng pagpapatibay sa iba sa lahat ng paraan—sila ba’y banal? Ang mga namimigay sa iba ng lahat ng kanilang naimpok sa buong buhay nila at namumuhay ng isang payak na pamumuhay, na mahigpit sa kanilang mga sarili ngunit maluwag ang pakikitungo sa iba—sila ba’y banal? (Hindi.) Naaalala ninyong lahat kung paanong ang inyong mga ina ay nag-aruga sa inyo at kumalinga sa inyo sa lahat ng maiisip na paraan—sila ba’y banal? Ang mga idolong minamahal ninyo, maging sila man ay tanyag na mga tao, mga sikat o dakilang mga tao—sila ba’y mga banal? (Hindi.) Tingnan natin ngayon ang mga propeta sa Bibliya na nagawang magsabi ng mga bagay na tungkol sa hinaharap na hindi nalalaman ng maraming tao—ang mga tao bang ito ay banal? Ang mga taong nakapagtala ng mga salita ng Diyos at ng mga katotohanan ng Kanyang gawain sa Bibliya—sila ba’y mga banal? Si Moises ba ay banal? Si Abraham ba ay banal? (Hindi.) Paano naman si Job? Siya ba’y banal? (Hindi.) Si Job ay tinawag ng Diyos na isang matuwid na tao, kung gayon bakit kaya pati siya ay hindi masasabing banal? Ang mga tao bang may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan ay tunay na hindi banal? Sila ba’y banal o hindi? (Hindi.) Kayo ay bahagyang nangangamba, hindi kayo nakatitiyak sa sagot, at hindi kayo nangangahas na magsabi ng “Hindi,” ngunit hindi rin kayo nangangahas na magsabi ng “Oo,” kaya sa huli ay bantulot kayong

nagsasabi ng “Hindi.” Hayaan ninyong magtanong Ako ng isa pang katanungan. Ang mga sugo ng Diyos—ang mga sugo na ipinapadala ng Diyos sa lupa—sila ba ay banal? Ang mga anghel ba ay banal? (Hindi.) Ang sangkatauhan na hindi ginawang tiwali ni Satanas—sila ba ay banal? (Hindi.) Sagot kayo nang sagot ng “Hindi” sa bawat tanong. Sa anong batayan? Naguguluhan kayo, hindi ba? Kaya’t bakit pati mga anghel ay sinasabing hindi banal? Nakararamdam kayo ngayon ng pagkabahala, hindi ba? Maaari ba ninyong tuklasin kung ano ang batayan ng pagiging hindi banal ng mga tao, mga bagay o mga di-nilikhang ating nabanggit noong una? Nakatitiyak Ako na hindi ninyo magagawa. Kaya’t hindi ba may pagka-iresponsable ang inyong pagsasabi ng “Hindi”? Hindi ba kayo pikit-matang sumasagot? Nagtataka ang ilang tao: “Yamang nagtatanong Ka sa ganitong paraan, tiyak na ang sagot ay ‘Hindi.’” Huwag mo akong bigyan ng minadaling mga sagot. Pag-isipang mabuti kung ang sagot ay “Oo” o “Hindi.” Malalaman ninyo kung bakit “Hindi” ang sagot kapag nagbahagi tayo ng tungkol sa susunod na paksa. Hindi magtatagal at ibibigay Ko sa inyo ang sagot. Magbasa muna tayo mula sa mga kasulatan.

1. Ang Utos ng Diyos na si Jehova sa Tao

Genesis 2:15–17 At kinuha ng Diyos na si Jehova ang lalaki at inilagay sa halamanan ng Eden, upang Kanyang alagaan at ingatan. At iniutos ng Diyos na si Jehova sa lalaki, na sinabi, “Sa lahat ng punong kahoy sa halamanan ay makakakain ka nang may kalayaan: Datapuwat sa kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama ay huwag kang kakain; sapagkat sa araw na ikaw ay kumain niyaon ay walang pagsalang mamamatay ka.”

2. Ang Pagtukso ng Ahas sa Babae

Genesis 3:1–5 Ang ahas nga ay lalong tuso kay sa alin man sa mga hayop sa parang na nilikha ng Diyos na si Jehova. At sinabi niya sa babae, “Tunay bang sinabi ng Diyos, ‘Huwag kayong kakain sa alin mang punong kahoy sa halamanan?’” At sinabi ng babae sa ahas, “Sa bunga ng mga punong kahoy sa halamanan ay makakakain kami: Datapuwat sa bunga ng punong kahoy na nasa gitna ng halamanan ay sinabi ng Diyos, ‘Huwag kayong kakain niyaon, ni huwag ninyong hihipuin, baka kayo’y mamatay.’” At sinabi ng ahas sa babae, “Maaaring hindi ka talaga mamamatay: Sapagkat talastas ng Diyos na sa araw na kayo’y kumain niyaon ay madidilat nga ang inyong mga mata, at kayo’y magiging parang Diyos, na nakakakilala ng mabuti at masama.”

Ang dalawang siping ito ay hango sa aklat ng Genesis sa Bibliya. Pamilyar ba kayong lahat sa dalawang siping ito? Nagsasalaysay ang mga ito ng mga pangyayaring naganap sa pasimula nang ang sangkatauhan ay unang nilikha; totoo ang mga pangyayaring ito. Tingnan muna natin kung anong uri ng utos ang ibinigay ng Diyos na si Jehova kina Adan at Eba; napakahalaga ng nilalaman ng utos na ito para sa ating paksa ngayon. “At iniutos ng Diyos na si Jehova sa lalaki, na sinabi, ‘Sa lahat ng punong kahoy sa halamanan ay makakakain ka nang may kalayaan: Datapuwat sa kahoy ng

pagkakilala ng mabuti at masama ay huwag kang kakain; sapagkat sa araw na ikaw ay kumain niyaon ay walang pagsalang mamamatay ka.” Ano ang halaga ng utos ng Diyos sa tao sa siping ito? Una, sinasabi ng Diyos sa tao kung ano ang maaari niyang kainin, gaya ng mga bunga ng maraming uri ng puno. Walang panganib at walang lason; ang lahat ay maaaring kainin at malayang makakain hangga’t nais ng tao, nang walang pag-aalala at pag-aalinlangan. Ito ay isang bahagi ng utos ng Diyos. Ang isa pang bahagi ay isang babala. Sa babalang ito, sinasabi ng Diyos sa tao na hindi niya dapat kainin ang bunga mula sa puno ng pagkakilala ng mabuti at masama. Ano ang mangyayari kapag kumain siya mula sa punong ito? Sinabi ng Diyos sa tao: Kung kumain ka mula rito, tiyak na mamamatay ka. Hindi ba’t tapat ang mga salitang ito? Kung sinabi ito ng Diyos sa iyo subalit hindi mo naunawaan kung bakit, ituturing mo ba ang Kanyang mga salita bilang isang alituntunin o isang utos na dapat sundin? Dapat sundin ang gayong mga salita. Subalit magawa mang sumunod o hindi ng tao, ang mga salita ng Diyos ay walang pag-aalinlangan. Buong-linaw na sinabi ng Diyos sa tao kung ano ang maaari niyang kainin at kung ano ang hindi niya maaaring kainin, at kung ano ang mangyayari kung kakainin niya ang hindi niya dapat kainin. May nakikita ka bang anumang disposisyon ng Diyos sa maiikling salitang winika ng Diyos? Totoo ba ang mga salitang ito ng Diyos? Mayroon bang anumang panlilinlang? Mayroon bang anumang kabulaanan? Mayroon bang anumang pananakot? (Wala.) Matapat, makatotohanan at taos-pusong sinabi ng Diyos sa tao kung ano ang maaari niyang kainin at kung ano ang hindi niya maaaring kainin. Malinaw at payak na nagsalita ang Diyos. May natatago bang kahulugan sa mga salitang ito? Hindi ba tapat ang mga salitang ito? Kinakailangan bang maghaka-haka? Hindi na kailangang manghula. Sa isang sulyap ay litaw na litaw ang kahulugan ng mga ito. Sa pagbasa sa mga ito, lubos na malilinawan ang sinuman sa kahulugan ng mga ito. Ibig sabihin, ang nais na sabihin ng Diyos at ang nais Niyang ipahayag ay nagmumula sa Kanyang puso. Ang mga bagay na ipinahahayag ng Diyos ay malinis, tapat at malinaw. Walang mga lingid na layunin o anumang natatagong mga kahulugan. Tuwiran Siyang nagsasalita sa tao, sinasabi sa kanya kung ano ang maaari niyang kainin at kung ano ang hindi niya maaaring kainin. Na ang ibig sabihin, sa pamamagitan ng mga salitang ito ng Diyos, makikita ng tao na walang itinatago at totoo ang puso ng Diyos. Walang bahid ng kasinungalingan dito; hindi ito isang usapin ng pagsasabi sa iyo ng hindi mo maaaring kainin ang maaaring kainin, o pagsasabi sa iyong “Gawin ito at tingnan kung ano ang mangyayari” sa mga bagay na hindi mo maaaring kainin. Hindi ito ang ibig sabihin ng Diyos. Anuman ang iniisip ng Diyos sa Kanyang puso ay siyang Kanyang sinasabi. Kung sinasabi Ko na banal ang Diyos sapagkat ipinakikita at inihahayag Niya ang Kanyang Sarili sa loob ng mga salitang ito sa ganitong paraan, maaari mong maramdaman na tila pinalalaki Ko ang hindi naman dapat palakihin o pinalalawak Ko nang labis ang Aking ibig sabihin. Kung gayon, huwag mag-aalala; hindi pa tayo tapos.

Pag-usapan natin ngayon ang tungkol sa “Ang Pagtukso ng Ahas sa Babae.” Sino

ang ahas? Si Satanas. Ginagampanan nito ang papel ng panghambingan sa anim na libong taon na plano ng pamamahala ng Diyos, at ito ay isang papel na dapat banggitin kapag ibinabahagi natin ang tungkol sa kabanalan ng Diyos. Bakit Ko sinasabi ito? Kung hindi mo alam ang kasamaan at katiwalian ni Satanas o ang kalikasan ni Satanas, wala kang paraan kung gayon na makilala ang kabanalan, ni hindi mo malalaman kung ano ba talaga ang kabanalan. Sa kalituhan, naniniwala ang mga tao na ang ginagawa ni Satanas ay tama, sapagkat namumuhay sila na may ganitong uri ng tiwaling disposisyon. Kung walang mapaghahambingan, kung walang mapagkukumparahan, hindi mo malalaman kung ano ang kabanalan. Kaya nga kailangang banggitin si Satanas dito. May kabuluhan ang pagbanggit niyon. Sa pamamagitan ng mga salita at mga gawa ni Satanas, ating makikita kung paano kumikilos si Satanas, kung paano ginagawang tiwali ni Satanas ang sangkatauhan, at kung ano ang kalikasan at hitsura ni Satanas. Kaya ano ang sinabi ng babae sa ahas? Isinalaysay ng babae sa ahas kung ano ang sinabi ng Diyos na si Jehova sa kanya. Nang sinabi niya ang mga salitang ito, nakatitiyak ba siya na ang sinabi sa kanya ng Diyos ay totoo? Hindi niya matitiyak ito. Bilang isang taong kalilikha pa lamang, wala siyang kakayahan na makilala ang kaibahan ng masama sa mabuti, ni wala siyang kahit anong pagkakilala sa anumang nasa kanyang paligid. Kung pagbabatayan ang mga salitang binigkas niya sa ahas, hindi siya nakatitiyak sa kanyang puso kung tama ang mga salita ng Diyos; ito ang kanyang saloobin. Kaya nang makita ng ahas na ang babae ay walang tiyak na saloobin ukol sa mga salita ng Diyos, sinabi nito: “Maaaring hindi ka talaga mamamatay: Sapagkat talastas ng Diyos na sa araw na kayo’y kumain niyaon ay madidilat nga ang inyong mga mata, at kayo’y magiging parang Diyos, na nakakakilala ng mabuti at masama.” Mayroon bang anumang mali sa mga salitang ito? Pagkabasa ninyo sa pangungusap na ito, nadama ba ninyo ang mga intensyon ng ahas? Ano ang mga intensyong iyon? Nais nito na tuksuhin ang babaeng ito upang pigilan siyang sundin ang mga salita ng Diyos. Ngunit hindi nito sinabi nang tuwiran ang mga bagay na ito. Kaya masasabi natin na ito ay napakatuso. Ipinapahayag nito ang kanyang kahulugan sa isang palihim at hindi tuwirang paraan upang makamit ang hinahangad nitong layunin na nakatago sa isipan nito at lingid sa tao—ito ang katusuhan ng ahas. Ganito na magsalita at kumilos si Satanas noon pa man. Sinasabi nito na “maaaring hindi talaga,” nang walang anumang pinapatunayan. Subalit sa pagkarinig nito, ang mangmang na puso ng babaeng ito ay naantig. Nalugod ang ahas sapagkat nakamit ng mga salita nito ang hinahangad na epekto—ito ang tusong intensyon ng ahas. Bukod pa rito, sa pamamagitan ng pangangako ng isang kalalabasan na tila kanais-nais sa mga tao, sinulsulan siya nito na sinasabing, “Sa araw na kayo’y kumain niyaon ay madidilat nga ang inyong mga mata.” Kaya inisip niya: “Ang mabuksan ang aking mga mata ay isang mabuting bagay!” At pagkatapos ay nagsabi ito ng isang bagay na mas nakakaakit, mga salitang hindi pa kailanman nakilala ng tao, mga salitang nagtataglay ng malaking kapangyarihan ng tukso sa mga nakakarinig ng mga ito: “Kayo’y magiging parang Diyos, na nakakakilala

ng mabuti at masama.” Ang mga salita bang ito ay hindi talagang nakakatukso sa tao? Ito ay parang isang tao na nagsasabi sa iyo: “Ang hugis ng iyong mukha ay kamanghamanga. May pagkapango nga lang ang iyong ilong, subalit kung mapapaayos mo iyan, ikaw ay magiging isa sa pinakamagaganda sa buong mundo!” Para sa sinuman na hindi nagnais kailanman na magkaroon ng kosmetikong operasyon, mapupukaw kaya ang puso niya kapag narinig ang mga salitang ito? Ang mga salita bang ito ay mapanukso? Ang panunulsol bang ito ay nakakatukso sa iyo? Panunubok ba ito? (Oo.) Ang Diyos ba ay nagsasabi ng mga bagay na ganito? Mayroon bang anumang pahiwatig na tulad nito sa mga salita ng Diyos na kababasa pa lang natin nang mabuti? Ang Diyos ba ay nagsasabi ng kung ano ang iniisip Niya sa Kanyang puso? Makikita ba ng tao ang puso ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga salita? (Oo.) Subalit nang ang ahas ang nagsabi ng mga salitang iyon sa babae, nakita mo ba ang puso nito? Hindi. At dahil sa kamangmangan ng tao, ang tao ay madaling natukso ng mga salita ng ahas at madaling nalinlang. Nakita mo ba ang mga intensyon ni Satanas? Nakita mo ba ang layunin sa likod ng sinabi ni Satanas? Nakita mo ba ang mga balak at panlilinlang ni Satanas? (Hindi.) Anong uri ng disposisyon ang kinakatawan ng paraan ng pananalita ni Satanas? Anong uri ng diwa ang nakita mo kay Satanas sa pamamagitan ng mga salitang ito? Ito ba ay lihim na mapanira? Marahil sa panlabas ito ay nakangiti sa iyo o hindi naghahayag ng kahit ano pa mang pagpapahayag. Subalit sa puso nito, kinakalkula nito kung paano makakamit ang layunin nito, at ang layuning ito ang hindi mo makita. Ang lahat ng pangako na ibinibigay nito sa iyo, ang lahat ng kapakinabangan na inilalarawan nito ay mga balatkayong panunukso. Nakikita mo na mabubuti ang mga bagay na ito, kaya nararamdaman mo na ang sinasabi nito ay mas kapakinabang at mas matibay kaysa sa sinasabi ng Diyos. Kapag nangyayari ito, ang tao ba kung gayon ay hindi nagiging isang sunud-sunurang bilanggo? Ang paraan bang ito na ginagamit ni Satanas ay hindi ubod nang sama? Hinahayaan mo ang sarili mo na lumubog nang husto. Nang walang anumang ginagawa si Satanas bukod sa pagsasalita lamang ng dalawang pangungusap na ito, masaya kang sumunod kay Satanas at tumalima kay Satanas. Samakatwid, ang layunin ni Satanas ay naabot. Ang intensyon bang ito ay hindi masama? Hindi ba ito ang pinakapangunahing mukha ni Satanas? Mula sa mga salita ni Satanas, makikita ng tao ang masasamang layunin nito, mamamasdan ang nakakasindak na mukha nito at matatanaw ang diwa nito. Hindi ba tama iyon? Sa paghahambing sa mga pangungusap na ito, nang walang pagsusuri ay maaaring mararamdaman mo na bagamat ang mga salita ng Diyos na si Jehova ay nakababagot, karaniwan at palasak, ang mga ito ay hindi nagbibigay-katwiran sa labis na marubdob na pagpuri sa katapatan ng Diyos. Gayunman, kapag tinatanggap natin ang mga salita ni Satanas at ang nakakatakot na mukha ni Satanas bilang mapaghahambingan, hindi ba’t may kahalagahan ang mga salitang ito ng Diyos sa mga tao sa kasalukuyan? (Oo.) Sa pamamagitan ng paghahambing na ito, madadama ng tao ang dalisay na pagiging walang bahid-dungis ng Diyos. Bawat salita na winiwika ni

Satanas at ang mga layunin, intensyon at paraan ng pagsasalita ni Satanas—lahat ng ito ay hindi dalisay. Ano ang pangunahing itinatampok ng paraan ng pagsasalita ni Satanas? Gumagamit si Satanas ng paliguy-ligoy na mga salita upang tuksuhin ka nang hindi mo nakikita ang pag-uulit-ulit nito, ni hindi ka hinahayaan nitong makilala ang layunin nito; Pinakakagat ka ni Satanas sa pain, pero kailangan mo ring purihin at awitin ang mga kabutihan nito. Hindi ba ganito ang paraan ng mga pakanang palagian nang pinipili ni Satanas? (Oo.) Tingnan naman natin ngayon kung ano pa ang ibang mga salita at pagpapahayag ni Satanas na nagpapahintulot sa tao na makita ang nakakatakot na mukha nito. Magbasa tayo ng ilan pang kasulatan.

3. Ang Pag-uusap ni Satanas at ng Diyos na si Jehova

Job 1:6–11 Isang araw nga nang ang mga anak ng Diyos ay magsiparoon upang magsiharap kay Jehova, na si Satanas ay naparoon din naman na kasama nila. At sinabi ni Jehova kay Satanas, “Saan ka nanggaling?” Nang magkagayo’y sumagot si Satanas kay Jehova, at nagsabi, “Sa pagpaparoo’t parito sa lupa, at sa pagmamamihik manaog doon.” At sinabi ni Jehova kay Satanas, “Iyo bang pinansin ang Aking lingkod na si Job, sapagkat walang gaya niya sa lupa, na sakdal at matuwid na lalaki, na natatakot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan?” Nang magkagayo’y sumagot si Satanas kay Jehova, at nagsabi, “Natatakot ba ng walang kabuluhan si Job sa Diyos? Hindi Mo ba siya ikinulong, at ang kanyang sambahayan, at ang lahat niyang tinatangkilik, sa bawat dako? Iyong pinagpala ang gawa ng kanyang mga kamay, at ang kanyang pag-aari ay dumami sa lupain. Ngunit pagbuhatan Mo siya ng Iyong kamay ngayon, at galawin Mo ang lahat niyang tinatangkilik, at susumpain Ka niya ng mukhaan.”

Job 2:1–5 Nangyari uli na sa araw nang pagparoon ng mga anak ng Diyos upang magsiharap kay Jehova, na nakiparoon din si Satanas, upang humarap kay Jehova. At sinabi ni Jehova kay Satanas, “Saan ka nanggaling?” At si Satanas ay sumagot kay Jehova, at nagsabi, Sa pagpaparoo’t parito sa lupa, at sa pagmamamihik manaog doon. At sinabi ni Jehova kay Satanas, “Iyo bang pinansin ang Aking lingkod na si Job, sapagkat walang gaya niya sa lupa, na sakdal at matuwid na lalaki, na natatakot sa Diyos, at umiiwas sa kasamaan? At siya’y namamalagi sa kanyang integridad, bagaman Ako’y kinilos mo laban sa kanya, upang ilugmok siya ng walang kadahilanan.” At si Satanas ay sumagot kay Jehova, at nagsabi, “Balat kung balat, oo, lahat na tinatangkilik ng tao ay ibibigay dahil sa kanyang buhay. Ngunit pagbuhatan Mo ngayon ng Iyong kamay, at galawin Mo ang kanyang buto at ang kanyang laman, at kanyang susumpain Ka ng mukhaan.”

Ang buong dalawang siping ito ay naglalaman ng pag-uusap ng Diyos at ni Satanas, nakatala sa mga ito kung ano ang sinabi ng Diyos at kung ano ang sinabi ni Satanas. Hindi masyadong nagsalita ang Diyos, at napakapayak ng Kanyang pagsasalita. Makikita ba natin ang kabanalan ng Diyos sa Kanyang simpleng mga salita? May ilan na magsasabing hindi ito madaling gawin. Kaya makikita ba natin ang pagiging ubod ng sama ni Satanas sa mga tugon nito? Tingnan muna natin kung anong uri ng tanong

ang itinanong ng Diyos na si Jehova kay Satanas. “Saan ka nanggaling?” Hindi ba’t ito’y diretsahang tanong? Mayroon bang natatagong kahulugan? Wala; ito ay isang diretsahang tanong lamang. Kung tatanungin Ko kayo: “Saan ka nanggaling?” paano kayo sasagot? Ito ba’y isang tanong na mahirap sagutin? Sasabihin ba ninyong: “Sa pagpaparoo’t parito, at sa pagmamamihik manaog”? (Hindi.) Hindi kayo sasagot ng ganito, kaya ano ang nararamdaman ninyo kapag nakikita ninyo si Satanas na sumasagot sa ganitong paraan? (Nararamdaman natin na si Satanas ay kakatwa ngunit mapanlinlang rin.) Masasabi ba ninyo kung ano ang nararamdaman Ko? Sa tuwing nakikita Ko ang mga salitang ito ni Satanas, naiinis Ako, sapagkat nagsasalita si Satanas ngunit walang anumang kabuluhan ang sinasabi nito. Sinagot ba ni Satanas ang tanong ng Diyos? Hindi, ang mga salitang sinabi ni Satanas ay hindi isang kasagutan at walang anumang kinahantungan ang mga ito. Ang mga iyon ay hindi kasagutan sa katanungan ng Diyos. “Sa pagpaparoo’t parito sa lupa, at sa pagmamamihik manaog doon.” Ano ang nauunawaan mo sa mga salitang ito? Saan ba talaga nanggaling si Satanas? Nakatanggap ka ba ng kasagutan sa tanong na ito? (Hindi.) Ganito “kadalubhasa” sa pagkatuso si Satanas—hindi hinahayaan ang sinuman na matuklasan kung ano talaga ang sinasabi nito. Pagkadinig sa mga salitang ito hindi mo pa rin mababatid kung ano ang sinabi nito, kahit na tapos na itong sumagot. Gayunman naniniwala si Satanas na perpekto ang naging sagot nito. Ano kung gayon ang iyong nararamdaman? Naiinis ka ba? (Oo.) Nagsisimula ka ngayong makaramdam ng inis sa mga salitang ito. Mayroong partikular na katangian ang mga salita ni Satanas: Ang sinasabi ni Satanas ay iiwanan kang napapakamot sa iyong ulo at hindi maunawaan ang pinagmumulan ng mga salita nito. Kung minsan, may mga motibo si Satanas at sinasadya ang sinasabi, at kung minsan pinangingibabawan ng kalikasan nito, na ang gayong mga salita ay kusang lumalabas, at namumutawi mismo sa bibig ni Satanas. Hindi gumugugol si Satanas nang mahabang panahon sa pagsasaalang-alang sa gayong mga salita; bagkus, inihahayag ang mga ito nang hindi pinag-iisipan. Nang tanungin ng Diyos kung saan ito nanggaling, sumagot si Satanas gamit ang ilang hindi malinaw na salita. Makakaramdam ka ng sobrang pagkalito na hindi mo kailanman malalaman nang eksakto kung saan nagmula si Satanas. Mayroon ba sa inyo na nangungusap ng tulad nito? Anong uri ng paraan ng pagsasalita ang ganito? (Ito ay hindi maliwanag at hindi nagbibigay ng isang tiyak na sagot.) Anong uri ng mga salita ang dapat nating gamitin upang ilarawan ang ganitong paraan ng pananalita? Ito ay nakapagliligaw at mapanlinlang. Ipagpalagay na ayaw ipaalam sa iba ng isang tao kung ano ang ginawa niya kahapon. Tinatanong mo siya: “Nakita kita kahapon. Saan ang punta mo?” Hindi niya sinabi sa iyo nang diretso kung saan siya nagpunta. Bagkus ay sinabi niya: “Maraming nangyari kahapon. Nakakapagod!” Sinagot ba niya ang tanong mo? Oo sinagot niya, ngunit hindi iyon ang sagot na nais mo. Ito ang “pagkadalubhasa” sa panlilinlang na nasa pananalita ng tao. Hindi mo kailanman matutuklasan kung ano ang ibig niyang sabihin o maiintindihan ang pinagmulan o intensyon sa likod ng kanyang mga salita. Hindi mo alam kung ano ang

kanyang sinusubukang iwasan sapagkat may sarili siyang kuwento sa puso niya—ito ay panlilinlang. Mayroon ba sa inyo na madalas ding magsalita sa ganitong paraan? (Oo.) Ano kung gayon ang inyong layunin? Kung minsan ba ay upang protektahan ang inyong sariling mga kapakanan, minsan upang panatilihin ang inyong pagpapahalaga sa sarili, katayuan, at imahe, upang protektahan ang mga lihim ng inyong pribadong buhay? Anuman ang layon, hindi ito maihihiwalay sa inyong mga pakinabang at may kinalaman sa inyong mga kapakanan. Hindi ba ito ang kalikasan ng tao? Ang lahat ng may gayong kalikasan ay may malapit na ugnayan kay Satanas, kung hindi nama'y pamilya nito. Maaari natin itong sabihin na ganito nga, hindi ba? Sa pangkalahatan, ang ganitong pagpapamalas ay kamuhi-muhi at kasuklam-suklam. Naiinis na din kayo ngayon, hindi ba? (Oo.)

Tingnan natin ang mga sumusunod na talata. Tumugon muli si Satanas sa tanong ni Jehova, nagsasabing: “Natatakot ba ng walang kabuluhan si Job sa Diyos?” Sinisimulan ni Satanas na tuligsain ang pagsuri ni Jehova kay Job, at ang pagtuligsang ito ay may halong poot. “Hindi Mo ba siya ikinulong, at ang kanyang sambahayan, at ang lahat niyang tinatangkilik, sa bawat dako?” Ito ang pagkaunawa at pagsuri ni Satanas sa gawain ni Jehova kay Job. Sinusuri ito ni Satanas sa ganitong paraan, sinasabing: “Iyong pinagpala ang gawa ng kanyang mga kamay, at ang kanyang pag-aari ay dumami sa lupain. Ngunit pagbuhatan Mo siya ng iyong kamay ngayon, at galawin Mo ang lahat niyang tinatangkilik, at susumpain Ka niya ng mukhaan.” Si Satanas ay palaging nagsasalita nang hindi maliwanag, subalit nagsasalita ito nang may katiyakan dito. Gayunpaman, ang mga salitang ito, bagamat sinambit nang may katiyakan, ay isang pagtuligsa, isang kalapastanganan at isang pakikipagtunggali sa Diyos na si Jehova, at sa Diyos Mismo. Ano ang nararamdaman ninyo kapag naririnig ninyo ang mga salitang ito? Nakakaramdam ba kayo ng pag-ayaw? Nakikita ba ninyo ang mga intensiyon ni Satanas? Una sa lahat, itinatatwa ni Satanas ang pagsusuri ni Jehova kay Job—isang tao na may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan. Pagkatapos ay itinatatwa ni Satanas ang lahat ng sinasabi at ginagawa ni Job, iyon ay, itinatatwa nito ang takot niya kay Jehova. Ito ba ay nagpaparatang? Pinaparatangan, itinatatwa, at pinagdududahan ni Satanas ang lahat ng ginagawa at sinasabi ni Jehova. Hindi ito naniniwala, nagsasabing, “Kung sinasabi Mo na ang mga bagay ay kagaya nito, kung gayon, bakit hindi ko pa ito nakikita? Binigyan Mo siya ng napakaraming biyaya, paanong hindi siya matatakot sa Iyo?” Hindi ba ito pagtatwa sa lahat ng ginagawa ng Diyos? Pagpaparatang, pagtatatwa, paglapastangan—hindi ba pag-atake ang mga salita ni Satanas? Hindi ba tunay na pagpapahayag ang mga ito ng kung ano ang iniisip ni Satanas sa puso nito? Ang mga salitang ito ay tiyak na hindi katulad ng mga salitang kababasa lang natin ngayon: “Sa pagpaparoo’t parito sa lupa, at sa pagmamamihik manaog doon.” Ganap na magkaiba ang dalawang ito. Sa pamamagitan ng mga salitang ito, ganap na inilalantad ni Satanas ang mga nilalaman ng puso nito—ang saloobin nito sa Diyos at ang pagkamuhi nito sa takot ni Job sa Diyos. Kapag nangyayari ito, ang pagkamalisyoso at ang masamang

kalikasan nito ay ganap na nailalantad. Kinamumuhian nito ang mga may takot sa Diyos, kinamumuhian ang mga lumalayo sa masama, at lalo pang kinamumuhian si Jehova sa pagkakaloob ng mga pagpapala sa tao. Nais nitong gamitin ang pagkakataong ito upang sirain si Job na iniangat ng Diyos gamit ang sarili Niyang kamay, upang wasakin siya, nagsasabing: “Sinasabi Mo na may takot sa Iyo si Job at lumalayo siya sa masama. Kabaligtaran ang nakikita ko.” Ginagamit nito ang iba’t ibang paraan upang udyukan at tuksuhin si Jehova, at gumagamit ng iba’t ibang mapanlinlang na pakana upang ibigay ng Diyos na si Jehova si Job kay Satanas upang walang-pakundangang mamaniplula ito, mapinsala at matrato sa maling paraan. Nais nitong samantalahin ang pagkakataong ito upang puksain ang taong ito na matuwid at perpekto sa mga mata ng Diyos. Panandaliang kapusukan lamang ba ang nagdulot kay Satanas ng ganitong uri ng puso? Hindi, hindi ganoon. Matagal na panahon nang nagsimula ito. Kapag ang Diyos ay gumagawa, nagmamalasakit sa isang tao, at nagmamasid sa taong ito, at kapag pinapaboran at sinasang-ayunan Niya ang taong ito, nakabuntot din nang malapitan si Satanas, tinatangang linlangin ang taong ito at ilagay sa kapahamakan. Kung nais ng Diyos na makamit ang taong ito, gagawin ni Satanas ang lahat ng makakaya nito upang hadlangan ang Diyos, gamit ang iba’t ibang masasamang kaparaanan upang tuksuhin, guluhin at pinsalain ang gawain ng Diyos, upang makamit ang natatagong layon nito. Ano ang layon nito? Ayaw nito na makamit ng Diyos ang sinuman; nais nitong agawin ang pagmamay-ari sa mga taong nais makamit ng Diyos, gusto nitong kontrolin sila, ang pangasiwaan sila upang sambahin nila ito nang sa gayon ay samahan nila ito sa paggawa ng mga kasamaan, at labanan ang Diyos. Hindi ba ito ang masamang layunin ni Satanas? Madalas ninyong sabihin na si Satanas ay napakabuktot, napakasama, subalit nakita na ba ninyo ito? Nakikita ninyo kung gaano kasama ang sangkatauhan; hindi pa ninyo nakikita kung gaano kasama ang totoong Satanas. Subalit sa usapin tungkol kay Job, malinaw ninyong naobserbahan kung gaano talaga kasama si Satanas. Ginawang napakaliwanag ng usaping ito ang nakasusuklam na mukha ni Satanas at ang diwa nito. Sa pakikipagdigma sa Diyos at pagsunud-sunod sa likuran Niya, ang layunin ni Satanas ay ang buwagin ang lahat ng gawain na nais gawin ng Diyos, ang sakupin at kontrolin ang mga nais na makuha ng Diyos, ang ganap na puksain ang mga nais na makuha ng Diyos. Kung hindi sila mapupuksa, sila kung gayon ay aangkinin ni Satanas upang magamit nito—ito ang layunin nito. At ano ang ginagawa ng Diyos? Ang Diyos ay nagsasabi lamang ng isang simpleng pangungusap sa siping ito; walang talaan ng anumang higit pa sa ginagawa ng Diyos, ngunit nakikita natin na mas marami pang mga talaan ng kung ano ang ginagawa at sinasabi ni Satanas. Sa sumusunod na sipi mula sa kasulatan, tinanong ni Jehova si Satanas, “Saan ka nanggaling?” Ano ang sagot ni Satanas? (Ito pa rin ay “Sa pagpaparoo’t parito sa lupa, at sa pagmamanihik manaog doon.”) Ito pa rin ang pangungusap na iyon. Ito ay naging kasabihan at tatak ni Satanas. Paano ito nangyari? Hindi ba kasuklam-suklam si Satanas? Ang pagsasabi ng ganitong nakakainis na pangungusap nang isang beses ay tiyak na sapat na. Bakit lagi itong

inuulit ni Satanas? Pinatutunayan nito ang isang bagay: Ang kalikasan ni Satanas ay hindi nagbabago. Hindi maaaring magpanggap si Satanas para itago ang pangit na mukha nito. Tinatanong ito ng Diyos at sumasagot ito sa ganitong paraan. Yamang ganito ang nangyayari, isipin kung paano nito tinatrato ang mga tao! Hindi natatakot si Satanas sa Diyos, wala itong takot sa Diyos, at hindi ito sumusunod sa Diyos. Kaya nangangahas ito na maging walang-prinsipyong pangahas sa harap ng Diyos, para gamitin ang kaparehong mga salitang ito upang isantabi ang tanong ng Diyos, para gamitin ang kaparehong sagot na ito sa tanong ng Diyos, para magtangkang gamitin ang kaparehong sagot na ito upang lituhin ang Diyos—ito ang pangit na mukha ni Satanas. Hindi ito naniniwala sa pagkamakapangyarihan sa lahat ng Diyos, hindi ito naniniwala sa awtoridad ng Diyos, at tiyak na hindi nakahandang magpasakop sa kapamahalaan ng Diyos. Palagi nitong sinasalungat ang Diyos, palaging tinutuligsa ang lahat ng ginagawa ng Diyos, at tinatangkang gibain ang lahat ng ginagawa ng Diyos—ito ang masamang layunin nito.

Tulad ng nakatala sa Aklat ni Job, ang dalawang siping ito na sinabi ni Satanas at ang mga bagay na ginawa ni Satanas ay kumakatawan sa paglaban nito sa Diyos sa Kanyang anim na libong taon na plano ng pamamahala—nabubunyag rito ang tunay na kulay ni Satanas. Nakita mo na ba ang mga salita at mga gawa ni Satanas sa totoong buhay? Kapag nakita mo ang mga iyon, maaaring hindi mo maiisip na ang mga iyon ay mga bagay na winika ni Satanas, sa halip ay iisipin mo na ang mga iyon ay mga bagay na winika ng tao. Ano ang kinakatawan kapag ang mga ganoong bagay ay winika ng tao? Si Satanas ang kinakatawan. Kahit na nakikilala mo ito, hindi mo pa rin maiisip na ito talaga ang winika ni Satanas. Subalit ngayon mismo maliwanag na nakita mo kung ano ang sinabi mismo ni Satanas. Ikaw ngayon ay mayroong isang maliwanag at napakalinaw na pagkaunawa sa nakakasuklam na mukha at kasamaan ni Satanas. Kung gayon, ang dalawang sipi bang ito na winika ni Satanas ay mahalaga para sa mga tao ngayon upang malaman ang kalikasan ni Satanas? Dapat bang maingat na tandaan ang dalawang siping ito upang makilala ng kasalukuyang sangkatauhan ang nakakasuklam na mukha ni Satanas, upang makilala ang orihinal at tunay na mukha ni Satanas? Bagaman ang pagsasabi nito ay tila hindi angkop, ang pagpapahayag ng mga salitang ito sa ganitong paraan ay maituturing pa ring tumpak. Tunay na maipapaliwanag Ko lamang ang ideyang ito sa ganitong paraan, at kung kaya ninyong maunawaan ito, kung gayon ay sapat na iyon. Paulit-ulit na tinutuligsa ni Satanas ang mga bagay na ginagawa ni Jehova, nagpaparatang tungkol sa takot ni Job sa Diyos na si Jehova. Tinatangka ni Satanas na udyukan si Jehova sa iba't ibang mga paraan upang mapapayag si Jehova na tuksuhin nito si Job. Ang mga salita nito kung gayon ay lubhang nakakapukaw ng galit. Kaya sabihin sa Akin, sa sandaling masabi ni Satanas ang mga salitang ito, makikita ba nang malinaw ng Diyos kung ano ang nais gawin ni Satanas? (Oo.) Sa puso ng Diyos, ang taong si Job na tinutunghayan ng Diyos—ang lingkod na ito ng Diyos, na itinuturing ng Diyos na isang matuwid na tao, isang perpektong tao—maaari kaya niyang

mapaglabanan ang ganitong uri ng tukso? (Oo.) Bakit ganoon na lang katiyak ang Diyos tungkol diyan? Palagi bang sinusuri ng Diyos ang puso ng tao? (Oo.) Si Satanas ba kung gayon ay nakakasuri ng puso ng tao? Hindi ito kaya ni Satanas. Kahit na makita pa ni Satanas ang puso ng tao, ang masamang kalikasan nito ay hindi kailanman magtutulot dito na maniwala na ang kabanalan ay kabanalan, o na ang nakaririmarim ay nakaririmarim. Hindi kailanman maaaring pahalagahan ng masamang si Satanas ang anumang bagay na banal, matuwid o maliwanag. Hindi maiiwasan ni Satanas na walang-pagod na gawin ang naaayon sa kalikasan nito, sa kasamaan nito, at ang mga paraang nakasanayan nito. Kahit na maparusahan o mapuksa pa ito ng Diyos, hindi ito nag-aatubili na mahigpit na tutulan ang Diyos—ito ang kasamaan, ito ang kalikasan ni Satanas. Kaya sa siping ito, sinasabi ni Satanas: “Balat kung balat, oo, lahat na tinatangkilik ng tao ay ibibigay dahil sa kanyang buhay. Ngunit pagbuhatan Mo ngayon ng iyong kamay, at galawin Mo ang kanyang buto at ang kanyang laman, at kanyang susumpain Ka ng mukhaan.” Iniisip ni Satanas na ang takot ng tao sa Diyos ay dahil sa pagkakamit ng tao ng napakaraming pakinabang mula sa Diyos. Ang tao ay nagkakamit ng mga pakinabang mula sa Diyos, kung kaya sinasabi niya na ang Diyos ay mabuti. Subalit hindi ito dahil sa ang Diyos ay mabuti, ito ay dahil lamang sa ang tao ay nagkakamit ng napakaraming pakinabang na maaaring katakutan niya ang Diyos sa ganitong paraan. Sa sandaling alisin ng Diyos sa kanya ang mga pakinabang na ito, tatalikuran na niya ang Diyos. Sa masamang kalikasan ni Satanas, hindi ito naniniwala na ang puso ng tao ay tunay na maaaring matakot sa Diyos. Dahil sa masamang kalikasan nito hindi nito alam kung ano ang kabanalan, lalong hindi nito nalalaman kung ano ang may takot na pagpipitagan. Hindi nito alam kung ano ang kahulugan ng pagsunod sa Diyos o kung ano ang matakot sa Diyos. Dahil hindi nito alam ang mga bagay na ito, iniisip nito na hindi rin magagawa ng tao na matakot sa Diyos. Sabihin sa Akin, hindi ba masama si Satanas? Maliban sa ating iglesia, wala sa iba’t ibang mga relihiyon at mga denominasyon, o mga grupong panrelihiyon at panlipunan, ang naniniwala sa pag-iral ng Diyos, lalo nang hindi sila naniniwala na ang Diyos ay nagkatawang-tao at ginagawa ang gawain ng paghatol, kaya iniisip nila na ang iyong pinaniniwalaan ay hindi ang Diyos. Kapag tumitingin ang isang taong mahalay sa kanyang paligid, ang tingin niya ay mahalay rin ang lahat tulad niya. Ang isang tao na nagsisinungaling sa lahat ng oras ay walang ibang nakikita kundi kawalang-katapatan at kasinungalingan kapag tumitingin ito sa paligid. Nakikita ng isang masamang tao ang lahat bilang masama at nagnanais na labanan ang lahat ng nakikita niya. Nakikita ng mga taong may kaunting katapatan ang lahat bilang tapat, kaya palagi silang naloloko, palaging nadadaya, at wala silang magagawang anuman tungkol dito. Ibinibigay Ko sa inyo ang ilang halimbawang ito upang patibayin ang inyong paniniwala: Ang masamang kalikasan ni Satanas ay hindi isang pansamantalang pamimilit o isang bagay na dulot ng mga pagkakataon, ni hindi ito isang pansamantalang pagpapamalas na dulot ng anumang kadahilanan o konteksto. Talagang hindi! Talaga lamang na walang magagawa si

Satanas kundi ang maging ganito! Hindi ito makagagawa ng anumang mabuti. Kahit na kapag sinasabi nito ang isang bagay na masarap pakinggan, ito ay para akitin ka lamang. Habang lalong nakakalugod, habang lalong nakikibagay, habang lalong nagiging banayad ang mga salita nito, nagiging mas malisyoso ang masasamang intensyon sa likod ng mga salitang ito. Anong uri ng mukha, anong uri ng kalikasan ang ipinakikita ni Satanas sa dalawang siping ito? (Taksil, malisyoso at masama.) Ang pangunahing katangian ni Satanas ay kasamaan; higit sa ano pa man, si Satanas ay masama at malisyoso.

Ngayong natapos na nating pag-usapan ang tungkol kay Satanas, bumalik tayo sa pag-uusap tungkol sa ating Diyos. Sa panahon ng anim na libong taon na plano ng pamamahala ng Diyos, labis na kakaunti ang tuwirang pananalita ng Diyos na naitala sa Bibliya, at ang mga naitala ay napakapayak. Kaya simulan natin sa umpisa. Nilikha ng Diyos ang tao at mula noon ay palaging ginagabayan ang buhay ng sangkatauhan. Sa pagkakaloob man sa sangkatauhan ng mga pagpapala, pagbibigay ng mga batas at kautusan para sa mga tao, o pagtatakda ng iba't ibang mga patakaran sa buhay, alam ba ninyo ang layunin ng Diyos sa pagsasagawa ng mga bagay na ito? Una, masasabi ba ninyo nang may katiyakan na ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay para sa kabutihan ng sangkatauhan? Maaaring ang mga ito ay tila maringal at walang lamang mga salita, subalit kung susuriin ang mga detalye nito, hindi ba't ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay upang pangunahan at gabayan ang tao sa pagsasabuhay ng isang normal na buhay? Sa pagtulot man ito sa tao na sundin ang Kanyang mga alituntunin o tumalima sa Kanyang mga kautusan, ang layunin ng Diyos ay upang hindi sumamba ang tao kay Satanas at upang hindi sila mapinsala ni Satanas; ito ang pinakapangunahin, at ito ang ginagawa mula pa sa pinakasimula. Noong pinakasimula, nang hindi naintindihan ng tao ang kalooban ng Diyos, gumawa ang Diyos ng ilang simpleng kautusan at alituntunin at gumawa ng mga panukala na sumaklaw sa lahat ng maaaring gawan ng panukala. Ang mga panukalang ito ay payak, ngunit sa loob ng mga ito ay naroon ang kalooban ng Diyos. Pinakaiingat-ingatan, pinahahalagahan at pinakaiibig ng Diyos ang sangkatauhan. Kaya masasabi ba natin na ang Kanyang puso ay banal? Masasabi ba natin na ang Kanyang puso ay malinis? (Oo.) Mayroon bang karagdagang layunin ang Diyos? (Wala.) Kung gayon, ang Kanya bang layunin ay tama at positibo? Sa gawain ng Diyos, ang lahat ng panukala na Kanyang ginawa ay may positibong epekto para sa tao at nagtuturo sa mga tao ng daan. Kaya may anumang makasariling saloobin ba sa isipan ng Diyos? Mayroon bang anumang karagdagang mga layunin ang Diyos patungkol sa tao? Nais ba Niyang gamitin ang tao sa ibang paraan? Hindi kailanman. Ginagawa ng Diyos kung ano ang sinasabi Niya, at ang Kanyang mga sinasabi at ginagawa ay tugma sa Kanyang mga iniisip sa Kanyang puso. Walang hindi dalisay na layunin, walang makasariling mga saloobin. Wala Siyang anumang ginagawa para sa Kanya Mismo; ang lahat ng ginagawa Niya ay ginagawa Niya para sa tao, nang walang anumang pansariling layunin. Bagaman may mga plano at mga intensyon Siya para sa tao, wala

sa mga ito ang para sa Kanya Mismo. Lahat ng ginagawa Niya ay ginagawa para lamang sa sangkatauhan, upang ingatan ang sangkatauhan, upang mapanatiling hindi naliligaw ang sangkatauhan. Kaya hindi ba natatangi ang Kanyang puso? Makakakita ka ba ng kahit na pinakamaliit na bakas ng natatanging pusong ito kay Satanas? Wala kang makikita ni katiting na bakas nito kay Satanas, hindi mo talaga ito makikita. Lahat ng ginagawa ng Diyos ay kusang nahahayag. Tingnan natin ngayon kung paano gumawa ang Diyos; paano Niya isinasakatuparan ang Kanyang gawain? Kinukuha ba ng Diyos ang mga batas na ito at ang Kanyang mga salita at mahigpit na itinatali ang mga ito sa mga ulo ng bawat tao, na parang orasyon sa paghihigpit ng benda,^a upang igiit ang mga ito sa bawat tao? Ganito ba ang paraan ng Kanyang paggawa? (Hindi.) Kaya sa anong paraan ginagawa ng Diyos ang Kanyang gawain? Siya ba ay nananakot? Paliguy-ligoy ba Siyang mangusap sa inyo? (Hindi.) Kapag hindi mo nauunawaan ang katotohanan, paano ka ginagabayan ng Diyos? Nagbibigay Siya ng liwanag sa iyo, malinaw na sinasabi sa iyo na ang paggawa nito ay hindi naaayon sa katotohanan, at pagkatapos ay sinasabi Niya sa iyo kung ano ang dapat mong gawin. Mula sa mga paraang ito ng paggawa ng Diyos, anong uri ng kaugnayan ang nararamdaman mong mayroon ka sa Diyos? Nararamdaman mo bang ang Diyos ay hindi maabot? (Hindi.) Ano ang nararamdaman mo kapag nakikita mo ang mga paraang ito ng paggawa ng Diyos? Ang mga salita ng Diyos ay talagang totoo, at ang relasyon Niya sa tao ay talagang normal. Ang Diyos ay napakalapit sa iyo, walang distansya sa pagitan mo at ng Diyos. Kapag ginagabayan ka ng Diyos, kapag Siya ay nagtutustos sa iyo, tumutulong sa iyo at sumusuporta sa iyo, nararamdaman mo kung gaano kagiliw-giliw ang Diyos, ang pagpipitagan na nahihikayat Niya; nararamdaman mo kung gaano Siya kaibig-ibig, nararamdaman mo ang Kanyang kasiglahan. Subalit kapag pinupuna ng Diyos ang iyong katiwalian, o kapag hinahatulan at dinidisciplina ka Niya dahil sa paghihimagsik mo sa Kanya, anong paraan ang ginagamit Niya? Sinasaway ka ba Niya sa pamamagitan ng mga salita? Dinidisciplina ka ba Niya sa pamamagitan ng iyong kapaligiran at sa pamamagitan ng mga tao, mga pangyayari, at mga bagay? (Oo.) Hanggang sa anong antas ang pagdisiplina ng Diyos sa iyo? Dinidisciplina ba ng Diyos ang tao hanggang sa parehong antas na pinipinsala ni Satanas ang tao? (Hindi, dinidisciplina lamang ng Diyos ang tao hanggang sa antas na kayang tiisin ng tao.) Ang Diyos ay gumagawa sa isang banayad, maingat, mapagmahal, at maalagang paraan, isang higit sa karaniwang paraan na kalkulado at wasto. Ang Kanyang paraan ay hindi nagdudulot sa iyo ng matinding mga emosyon tulad ng, “Dapat na pumayag ang Diyos na gawin ko ito” o “Dapat na pumayag ang Diyos na gawin ko iyon.” Ang Diyos ay hindi kailanman

^a Ang “orasyon sa paghihigpit ng benda” ay isang orasyon na ginagamit ng mongheng si Tang Sanzang sa nobelang Chinese na *Journey to the West*. Ginagamit niya ang orasyong ito para pigilan si Sun Wukong sa pamamagitan ng paghihigpit ng isang bendang bakal sa palibot ng ulo ng huli, na nagbibigay rito ng matitinding sakit ng ulo kaya nakokontrol niya ito. Naging isang metapora ito para ilarawan ang isang bagay na gumagapos sa isang tao.

magbibigay sa iyo ng ganoong uri ng matinding isipin o damdamin na magsasanhi na hindi mo makayanan ang mga bagay-bagay. Hindi ba tama iyon? Tanggapin mo man ang mga salita ng paghatol at pagkastigo ng Diyos, ano ang iyong nararamdaman pagkatapos? Kapag nararamdaman mo ang awtoridad at kapangyarihan ng Diyos, ano ang nararamdaman mo pagkatapos? Nararamdaman mo ba na ang Diyos ay banal at hindi maaaring labagin? Nararamdaman mo ba ang distansiya sa pagitan mo at ng Diyos sa ganitong mga pagkakataon? Nakakaramdam ka ba ng takot sa Diyos? Hindi, sa halip ay nararamdaman mo ang may-takot na pagpipitagan sa Diyos. Hindi ba nararamdaman ng mga tao ang lahat ng ito dahil sa gawain ng Diyos? Magkakaroon ba sila ng ganitong mga damdamin kung si Satanas ang gumawa sa tao? Hinding-hindi. Ginagamit ng Diyos ang Kanyang mga salita, ang Kanyang katotohanan at ang Kanyang buhay upang tuluy-tuloy na magtustos sa tao, upang suportahan ang tao. Kapag ang tao ay mahina, kapag ang tao ay nanlulumo, tiyak na hindi malupit na mangungusap ang Diyos, na nagsasabing: “Huwag manlumo. Bakit ka nanlulumo? Bakit ka nanghihina? Mayroon bang dahilan para manghina? Napakahina mo palagi, at napakanegatibo mo palagi! Wala bang dahilan para mabuhay? Mamatay ka na lang at tapusin ang lahat!” Sa ganitong paraan ba gumagawa ang Diyos? (Hindi.) Ang Diyos ba ay may awtoridad na kumilos sa ganitong paraan? Oo, may awtoridad Siya. Subalit hindi kumikilos ang Diyos sa ganitong paraan. Ang dahilan kung bakit hindi kumikilos ang Diyos sa ganitong paraan ay dahil sa Kanyang diwa, ang diwa ng kabanalan ng Diyos. Ang Kanyang pagmamahal sa tao, ang pagpapahalaga at pagtatangi Niya sa tao ay hindi maaaring ipahayag nang malinaw sa isa o dalawang pangungusap lamang. Hindi ito isang bagay na idinulot ng pagyayabang ng tao kundi isang bagay na pinasisibol ng Diyos sa totoong pagsasagawa; ito ang pagbubunyag ng diwa ng Diyos. Ang lahat ba ng paraang ito ng paggawa ng Diyos ay makakapagtulot sa tao na makita ang kabanalan ng Diyos? Sa lahat ng paraang ito ng paggawa ng Diyos, kasama na ang mabubuting intensyon ng Diyos, kabilang ang mga epekto na nais ng Diyos na gumawa sa tao, kasama ang iba’t ibang mga paraan na sinusundan ng Diyos upang gumawa sa tao, ang uri ng gawain na ginagawa Niya, ang nais Niya na maunawaan ng tao—nakakita ka ba ng anumang kasamaan o pagkatuso sa mabuting mga intensyon ng Diyos? (Hindi.) Kaya sa lahat ng bagay na ginagawa ng Diyos, sa lahat ng bagay na sinasabi ng Diyos, sa lahat ng bagay na iniisip Niya sa Kanyang puso, gayundin sa lahat ng diwa ng Diyos na inihahayag Niya—matatawag ba nating banal ang Diyos? (Oo.) Nakita na ba ng tao ang kabanalang ito sa mundo, o sa sarili niya? Maliban sa Diyos, nakita mo na ba ito sa sinumang tao o kay Satanas? (Hindi.) Mula sa mga tinalakay natin, matatawag ba nating natatangi ang Diyos, ang mismong banal na Diyos? (Oo.) Ang lahat ng ibinibigay ng Diyos sa tao, kasama ang mga salita ng Diyos, ang iba’t ibang paraan kung saan ang Diyos ay gumagawa sa tao, ang sinasabi ng Diyos sa tao, ang ipinapaalaala ng Diyos sa tao, ang Kanyang ipinapayo at hinihikayat na gawin—nagmumula ang lahat ng ito sa isang diwa: ang kabanalan ng Diyos. Kung walang ganoong banal na Diyos, walang taong

makakahalili sa Kanya upang gawin ang mga ginagawa Niya. Kung lubusang ibinigay ng Diyos ang mga taong ito kay Satanas, napag-isipan na ba ninyo kung ano ang magiging uri ng kalagayan ninyong lahat sa kasalukuyan? Kayo bang lahat ay makauupo rito na buo at hindi napipinsala? Sasabihin din ba ninyo: “Sa pagpaparoo’t parito sa lupa, at sa pagmamanhik manaog doon”? Magiging pangahas ba kayo, magiging masyadong bastos at magyayabang nang walang kahihiyan sa harap ng Diyos? Tiyak na gagawin ninyo ito nang walang pag-aalinlangan! Ang saloobin ni Satanas sa tao ay nagtutulot sa tao na makita na ang kalikasan at diwa ni Satanas ay lubos na iba sa Diyos. Ano ang nasa diwa ni Satanas na kabaligtaran ng kabanalan ng Diyos? (Ang kasamaan ni Satanas.) Ang masamang kalikasan ni Satanas ay ang kabaligtaran ng kabanalan ng Diyos. Ang dahilan kung bakit hindi nakikilala ng karamihan sa mga tao ang pagpapahayag na ito ng Diyos at ang diwa ng kabanalan ng Diyos na ito ay dahil sa sila ay nabubuhay sa ilalim ni Satanas, sa loob ng katiwalian ni Satanas at sa loob ng buhay na kulungan ni Satanas. Hindi nila alam kung ano ang kabanalan o kung paano bigyang-kahulugan ang kabanalan. Nauunawaan mo man ang kabanalan ng Diyos, hindi mo pa rin ito mabibigyan ng kahulugan bilang kabanalan ng Diyos nang may anumang katiyakan. Isang malaking pagkakaiba ito na napapaloob sa kaalaman ng tao ukol sa kabanalan ng Diyos.

Ano ang katangian ng gawain ni Satanas sa tao? Dapat ninyong matutuhan ito sa pamamagitan ng inyong sariling mga karanasan—ito ang tipikal na katangian ni Satanas, ang bagay na paulit-ulit nitong ginagawa, ang bagay na sinusubukan nitong gawin sa bawat isang tao. Marahil ay hindi ninyo kayang makita ang katangiang ito, kaya hindi ninyo nararamdaman na lubhang nakakatakot at kasuklam-suklam si Satanas. Mayroon bang nakakaalam kung anong katangian ito? (Sinusulsulan, inaakit at tinutukso nito ang tao.) Tama iyon; ang mga ito ang ilan sa paraan na naipapamalas ang katangiang ito. Si Satanas din ay nandaraya, nanunuligsa at nag-aakusa sa tao—lahat ng ito ay mga pagpapamalas. Mayroon pa bang iba? (Nagsasabi ito ng mga kasinungalingan.) Ang pandaraya at pagsisinungaling ay likas kay Satanas. Madalas nitong ginagawa ang mga bagay na ito. Nariyan din ang pag-astang amo sa mga tao, sinusulsulan sila, pinipilit silang gumawa ng mga bagay-bagay, inuutus-utusan sila, at sapilitang inaangkin sila. Ngayon ay ilalarawan Ko ang isang bagay sa inyo na sisindak sa inyo, ngunit hindi Ko ginagawa ito upang takutin kayo. Ang Diyos ay gumagawa sa tao at pinapahalagahan ang tao kapwa sa Kanyang saloobin at sa Kanyang puso. Sa kabilang banda, si Satanas ay hindi talaga pinapahalagahan ang mga tao, at ginugugol nito ang lahat ng oras nito sa pag-iisip kung paano pamiminsala ang tao. Hindi ba tama ito? Kapag pinag-iisipan nito ang pamiminsala sa tao, ang nasa isipan ba nito ay ang magmadali? (Oo.) Kaya pagdating sa gawain ni Satanas sa tao, may dalawa Akong parirala na sapat na makakapaglarawan sa kasamaan at pagiging malisyoso ni Satanas, na tunay na nagtutulot sa inyong makilala ang pagiging kasuklam-suklam ni Satanas: Sa paglapit ni Satanas sa tao, palagi nitong nais na sapilitang masakop at sapian ang tao, ang bawat

isa, hanggang sa punto na maaari nitong ganap na makontrol ang tao at mapinsala ang tao nang lubha, upang maaari nitong makamit ang layunin nito at maisakatuparan ang mabangis na ambisyong ito. Ano ang ibig sabihin ng “sapilitang sakupin”? Nangyayari ba ito nang may pahintulot mo, o nang wala kang pahintulot? Nangyayari ba ito nang nalalaman mo, o nang hindi mo nalalaman? Ang sagot ay lubos na nangyayari ito nang hindi mo nalalaman! Nagaganap ito sa mga sitwasyon na wala kang kamalayan, marahil kahit wala itong anumang sinasabi o ginagawa sa iyo, nang walang batayan, walang konteksto—naroroon si Satanas na pumapalibot sa iyo. Naghahanap ito ng pagkakataon na makapagsamantala at pagkatapos ay sasakupin ka nito nang sapilitan, sasapian ka, makakamit ang layunin nito na ganap kang kontrolin at pinsalain ka. Ito ay ang pinakakaraniwang intensyon at pag-uugali ni Satanas sa pakikipaglaban nito na ilayo ang sangkatauhan sa Diyos. Ano ang nararamdaman ninyo kapag naririnig ninyo ito? (Nasisindak at natatakot sa aming mga puso.) Nasusuklam ba kayo? (Oo.) Kapag nasusuklam kayo, naiisip ba ninyo na si Satanas ay walang kahihiyan? Kapag naiisip ninyo na si Satanas ay walang kahihiyan, nasusuklam ba kayo kung gayon sa mga tao sa paligid ninyo na palaging nais kumontrol sa inyo, sa mga may mababangis na ambisyon para sa katayuan at mga pakinabang? (Oo.) Kaya anong mga paraan ang ginagamit ni Satanas upang sapilitang sapian at sakupin ang tao? Malinaw ba ito sa inyo? Kapag naririnig ninyo ang dalawang salitang ito na “sapilitang pananakop” at “pagsapi,” nakakaramdam kayo ng pagkasuklam at nadarama ninyo ang kasamaan ng mga salitang ito. Nang walang pahintulot ninyo o nang hindi ninyo nalalaman, sinasapian ka ni Satanas, sapilitan kang sinasakop, at ginagawa kang tiwali. Ano ang nararamdaman mo sa iyong puso? Nakakaramdam ka ba ng pagkamuhi at pagkasuklam? (Oo.) Kapag nakakaramdam ka ng ganitong pagkamuhi at pagkasuklam sa mga paraang ito ni Satanas, anong uri ng damdamin ang mayroon ka para sa Diyos? (Pasasalamat.) Nagpapasalamat sa Diyos sa pagliligtas sa iyo. Kaya ngayon, sa sandaling ito, may pagnanais ka ba o kalooban na hayaan ang Diyos na mangasiwa at mamahala ng lahat ng mayroon ka at lahat ng kung sino ka? (Oo.) Sa anong konteksto nakabatay ang sagot mo? Sinasabi mo ba ang “oo” sapagkat natatakot ka na sapilitang masakop at masapian ni Satanas? (Oo.) Hindi ka dapat magkaroon ng ganitong uri ng kaisipan; hindi ito tama. Huwag matakot, sapagkat ang Diyos ay naririto. Walang dapat katakutan. Sa sandaling maunawaan mo ang masamang diwa ni Satanas, dapat kang magkaroon ng mas tamang pagkaunawa o ng mas malalim na pagpapahalaga sa pagmamahal ng Diyos, sa mabubuting intensyon ng Diyos, sa pagkahabag at pagpaparaya ng Diyos para sa tao at sa Kanyang matuwid na disposisyon. Si Satanas ay lubhang kasuklam-suklam, datapwat kung hindi pa rin ito humihikayat sa iyong pagmamahal sa Diyos at sa iyong pananalig at pagtitiwala sa Diyos, kung gayon ay anong uri ng tao ka? Handa ka ba na hayaang pinsalain ka ni Satanas? Matapos makita ang kasamaan at pagiging kasuklam-suklam ni Satanas, pumipihit tayo at tumitingin sa Diyos. Sumailalim na ba ngayon sa anumang pagbabago ang iyong kaalaman sa Diyos? Maaari ba nating sabihin na ang

Diyos ay banal? Masasabi ba natin na ang Diyos ay walang kapintasan? “Ang Diyos ay natatanging kabanalan”—mapaninindigan ba ng Diyos ang titulong ito? (Oo.) Kaya sa mundo at sa gitna ng lahat ng bagay, tanging ang Diyos Mismo ba ang maaaring manindigan sa pagkaunawang ito ng tao sa Diyos? (Oo.) Kaya ano ba talaga ang ibinibigay ng Diyos sa tao? Nagbibigay lamang ba Siya sa iyo ng kaunting pagkalinga, malasakit at pagsasaalang-alang nang hindi mo ito namamalayan? Ano ang naibigay ng Diyos sa tao? Ang Diyos ay nagbigay sa tao ng buhay, nagbigay sa tao ng lahat ng bagay, at walang-pasubaling ipinagkakaloob sa tao ang lahat ng ito nang walang hinihinging anumang kapalit, nang walang anumang lihim na hangarin. Ginagamit Niya ang katotohanan, ginagamit ang Kanyang mga salita, ginagamit ang Kanyang buhay upang pangunahan at gabayan ang tao, upang mailayo ang tao mula sa pamiminsala ni Satanas, sa mga panunukso ni Satanas, sa panunulsol at pang-aakit ni Satanas, upang tulutan ang tao na makita nang malinaw ang masamang kalikasan ni Satanas at ang nakakatakot nitong mukha. Tunay ba ang pagmamahal at malasakit ng Diyos sa sangkatauhan? Ito ba ay isang bagay na maaaring maranasan ng bawat isa sa inyo? (Oo.)

Magbalik-tanaw sa inyong mga buhay hanggang sa kasalukuyan, sa lahat ng bagay na ginawa ng Diyos sa iyo sa lahat ng taon ng iyong pananampalataya. Pumupukaw man ito nang masisidhi o mabababaw na damdamin, hindi ba’t higit sa lahat ay ito ang lubos na kinakailangan? Hindi ba ito ang iyong pinakakinakailangang makamit? (Oo.) Hindi ba ito katotohanan? Hindi ba ito ang buhay? (Oo.) Napagkalooban ka na ba ng Diyos kahit kailan ng kaliwanagan, at pagkatapos ay hinilingan kang magbigay sa Kanya ng anuman bilang kapalit ng lahat ng naibigay Niya sa iyo? (Hindi.) Kaya ano ang layunin ng Diyos? Bakit ginagawa ito ng Diyos? Mayroon din bang balak ang Diyos na sakupin ka? (Wala.) Nais ba ng Diyos na itaas ang Kanyang trono sa puso ng tao? (Oo.) Kaya ano ang pagkakaiba sa pagitan ng pagtataas ng Diyos sa Kanyang trono at sa sapilitang pananakop ni Satanas? Nais ng Diyos na matamo ang puso ng tao, nais Niyang sakupin ang puso ng tao—ano ang ibig sabihin nito? Nangangahulugan ba ito na nais ng Diyos na ang tao ay maging mga tau-tauhan Niya, mga makina Niya? (Hindi.) Kaya ano ang layunin ng Diyos? May pagkakaiba ba sa pagitan ng pagnanais ng Diyos na masakop ang puso ng tao sa sapilitang pananakop at pagsapi ni Satanas sa tao? (Oo.) Ano ang pagkakaiba? Malinaw mo bang masasabi sa Akin? (Ginagawa ito ni Satanas nang sapilitan samantalang hinahayaan ng Diyos na magkusa ang tao.) Ito ba ang kaibahan? Ano ang pakinabang ng Diyos sa iyong puso? At ano ang pakinabang ng Diyos sa pagsakop sa iyo? Ano ang pagkaunawa ninyo sa inyong puso ng “sinasakop ng Diyos ang puso ng tao”? Dapat tayong maging patas sa paraan ng pagsasalita natin tungkol sa Diyos dito, kung hindi, ang mga tao ay palaging magkakaroon ng maling pagkaunawa, at iisiping: “Palaging nais ng Diyos na sakupin ako. Ano ang dahilan at nais Niya akong sakupin? Ayaw kong masakop, nais ko lamang na maging panginoon ng aking sarili. Sinasabi mong sinasakop ni Satanas ang mga tao, subalit sinasakop din ng Diyos ang

mga tao. Hindi ba magkapareho ang mga ito? Hindi ko nais na pahintulutang sakupin ako ninuman. Ako ay ako!" Ano ang pagkakaiba rito? Pag-isipan ito. Tinatanong Ko kayo, isa bang hungkag na parirala ang "sinasakop ng Diyos ang tao"? Ang pagsakop ba ng Diyos sa tao ay nangangahulugan na Siya ay nananahan sa iyong puso, at pinangingibabawan ang bawat salita at bawat galaw mo? Kung sinasabihan ka Niya na umupo, mangangahas ka ba na hindi tumayo? Kung sinasabihan ka Niya na magpunta sa silangan, mangangahas ka ba na hindi pumunta sa kanluran? Ang "pananakop" ba na ito ay nakaayon sa mga linyang ito? (Hindi ito nakaayon. Nais ng Diyos na isabuhay ng tao kung anong mayroon at kung ano ang Diyos.) Sa loob ng mga taon na ito na pinangasiwaan ng Diyos ang tao, sa Kanyang gawain sa tao hanggang sa kasalukuyan sa huling yugtong ito, ano ang nilalayong epekto sa tao ng lahat ng salita na winika Niya? Ito ba ay ang maisabuhay ng tao kung anong mayroon at kung ano ang Diyos? Kung titingnan ang literal na kahulugan ng "sinasakop ng Diyos ang puso ng tao," tila ba kinukuha ng Diyos ang puso ng tao at sinasakop ito, nananahan dito at hindi na muling lalabas; Siya ay nagiging panginoon ng tao at nagagawang pangibabawan at hawakan ang puso ng tao ayon sa kalooban Niya, upang gawin ng tao ang anumang sinasabi ng Diyos na gawin niya. Kung gayon, para bagang bawat tao ay maaaring maging Diyos at magtaglay ng Kanyang diwa at disposisyon. Kaya sa usaping ito, makakapagsagawa ba ang tao ng mga gawain ng Diyos? Maaari bang maipaliwanag ang "pagsakop" sa ganitong paraan? (Hindi.) Ano ito kung gayon? Itinatanong Ko ito sa inyo: Ang lahat ba ng salita at katotohanan na itinatustos ng Diyos sa tao ay isang pahayag ng diwa ng Diyos at ng kung ano ang mayroon at kung ano Siya? (Oo.) Ito ay tiyak na totoo. Subalit kinakailangan ba na isinasagawa at tinataglay mismo ng Diyos ang lahat ng salita na itinatustos ng Diyos sa tao? Pag-isipan ito. Kapag hinahatulan ng Diyos ang tao, bakit Siya humahatol? Saan nanggaling ang mga salitang ito? Ano ang nilalaman ng mga salitang ito na winiwika ng Diyos kapag hinahatulan Niya ang tao? Saan nakabatay ang mga ito? Ang mga ito ba'y nakabatay sa tiwaling disposisyon ng tao? (Oo.) Kung gayon ang epekto ba na nakamit sa paghatol ng Diyos sa tao ay nakabatay sa diwa ng Diyos? (Oo.) Kung gayon ang "pagsakop" ba ng Diyos "sa tao" ay isang hungkag na parirala? Tiyak na hindi. Kung gayon bakit sinasabi ng Diyos ang mga salitang ito sa tao? Ano ang layunin Niya sa pagsasabi ng ganitong mga salita? Nais ba Niyang gamitin ang mga salitang ito upang magsilbing buhay ng tao? (Oo.) Nais ng Diyos na gamitin ang lahat ng katotohanang ito na winika Niya sa mga salitang ito para magsilbing buhay ng tao. Kapag tinanggap ng tao ang lahat ng katotohanang ito at ang salita ng Diyos at pinairal ang mga ito sa kanyang sariling buhay, makasusunod ba kung gayon ang tao sa Diyos? Matatakot ba kung gayon ang tao sa Diyos? Malalayuan ba kung gayon ng tao ang kasamaan? Kapag narating ng tao ang puntong ito, makasusunod na ba siya kung gayon sa dakilang kapangyarihan at pagsasaayos ng Diyos? Ang tao ba kung gayon ay nasa posisyon na upang magpasakop sa awtoridad ng Diyos? Kapag ang mga taong katulad ni Job, o ni Pedro ay nakarating na sa kanilang hangganan, kapag ang kanilang

buhay ay maituturing na nakaabot na sa kahustuhan, kapag mayroon silang tunay na pagkaunawa sa Diyos—maaari pa rin ba silang iligaw ni Satanas? Masasakop pa rin ba sila ni Satanas? Masasapian pa rin ba sila nang sapilitan ni Satanas? (Hindi.) Kaya anong uri ng tao ito? Ito ba ay isang tao na ganap na natamo ng Diyos? (Oo.) Sa antas na ito ng pakahulugan, paano ninyo titingnan ang ganitong uri ng tao na ganap na natamo ng Diyos? Sa pananaw ng Diyos, sa ganitong mga kalagayan, nasakop na Niya ang puso ng taong ito. Ngunit ano ang nararamdaman ng taong ito? Nagiging buhay ba sa loob ng tao ang salita ng Diyos, ang awtoridad ng Diyos, at ang daan ng Diyos, upang ang mga bagay na ipinamumuhay niya gayundin ang diwa niya ay maging sapat upang bigyan-kasiyahan ang Diyos? Sa pananaw ng Diyos, ang puso ba ng sangkatauhan sa mismong sandaling ito ay nasasakop Niya? (Oo.) Paano ninyo nauunawaan ang antas na ito ng pakahulugan sa ngayon? Ang Espiritu ba ng Diyos ang sumasakop sa iyo? (Hindi, ito ang salita ng Diyos na sumasakop sa atin.) Ito ang daan ng Diyos at ang salita ng Diyos na naging buhay mo, at ito ang katotohanan na naging buhay mo. Sa panahong ito, taglay kung gayon ng tao ang buhay na nanggagaling sa Diyos, ngunit hindi natin masasabi na ang buhay na ito ay buhay ng Diyos. Sa madaling salita, hindi natin masasabi na ang buhay ng tao na nagmula dapat sa salita ng Diyos ay ang buhay ng Diyos. Kaya gaano man katagal na sinusunod ng tao ang Diyos, gaano man karaming salita ang matamo ng tao mula sa Diyos, ang tao ay hindi kailanman magiging Diyos. Sabihin man isang araw ng Diyos, “Nasakop Ko na ang iyong puso, tinataglay mo na ngayon ang Aking buhay,” mararamdaman mo ba kung gayon na ikaw ay Diyos? (Hindi.) Magiging ano ka kung gayon? Hindi ka kaya magkakaroon ng lubos na pagsunod sa Diyos? Hindi kaya mapupuno ang iyong puso ng buhay na ipinagkaloob sa iyo ng Diyos? Ito ay labis na normal na pagpapamalas ng nangyayari kapag sinasakop ng Diyos ang puso ng tao. Ito ay katotohanan. Kaya kung titingnan ito mula sa aspetong ito, ang tao ba ay maaaring maging Diyos? Kapag nagawa ng taong isabuhay ang realidad ng mga salita ng Diyos, at naging isang taong natatakot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan, matataglay ba ng tao ang diwa ng buhay at kabanalan ng Diyos? Hinding-hindi. Anuman ang mangyari, ang tao ay tao pa rin pagkatapos ng lahat. Ikaw ay isang nilikha; nang matanggap mo ang salita ng Diyos mula sa Diyos at tinanggap ang daan ng Diyos, tinataglay mo lamang ang buhay na nagmumula sa mga salita ng Diyos, ikaw ay naging isang taong pinupuri ng Diyos, ngunit hindi mo kailanman tataglayin ang diwa ng buhay ng Diyos, lalo na ang kabanalan ng Diyos.

Balikan natin ngayon ang paksang katatalakay lamang natin. Sa talakayang ito, tinanong Ko kayo ng isang katanungan—si Abraham ba ay banal? Si Job ba ay banal? (Hindi.) Ang “kabanalan” na ito ay kumakatawan sa diwa at disposisyon ng Diyos, at ang tao’y lubhang kulang. Wala sa tao ang diwa ng Diyos o ang disposisyon ng Diyos. Kahit naranasan na ng tao ang lahat ng salita ng Diyos at nasangkapan na siya ng kanyang realidad, hindi pa rin maaaring taglayin ng tao ang banal na diwa ng Diyos kailanman; ang tao ay tao. Naiintindihan ninyo, tama ba? Kaya ano ang pagkaunawa ninyo ngayon

sa pariralang ito: “sinasakop ng Diyos ang puso ng tao”? (Ito ay ang mga salita ng Diyos, ang daan ng Diyos at ang Kanyang katotohanan na nagiging buhay ng tao.) Naisaulo na ninyo ang mga salitang ito. Umaasa Ako na magkakaroon kayo ng mas malalim na pagkaunawa. Maaaring itanong ng ilang tao, “Bakit sinasabi kung gayon na ang mga sugo at ang mga anghel ng Diyos ay hindi banal?” Ano ang palagay ninyo sa tanong na ito? Marahil ay hindi ninyo ito isinasaalang-alang dati. Gagamit Ako ng simpleng halimbawa: Kapag pinaandar mo ang isang robot, kapwa ito makakapagsayaw at makakapagsalita, at maiintindihan mo ang sinasabi nito. Maaaring tawagin mo itong kaakit-akit at masigla, ngunit hindi nito mauunawaan sapagkat wala itong buhay. Kapag pinatay mo ang pinagkukunan ng kuryente nito, makagagalaw pa kaya ito? Kapag umaandar ang robot na ito, maaari mong makita na ito ay masigla at kaakit-akit. Suriin mo ito, maging ito man ay isang makabuluhang pagsusuri o mababaw na pagsusuri, subalit sa paano mang paraan, makikita mo na ito ay gumagalaw. Ngunit kapag pinatay mo ang pinagkukunan ng kuryente nito, may nakikita ka bang anumang uri ng personalidad dito? Nakikita mo ba na ito ay nagtataglay ng anumang uri ng diwa? Nauunawaan mo ba ang kahulugan ng Aking sinasabi? Sa madaling salita, bagaman ang robot na ito ay nakagagalaw at nakakahinto ito, hindi mo kailanman mailalarawan na nagtataglay ito ng anumang uri ng diwa. Hindi ba ito isang katotohanan? Ngayon, hindi na natin pag-uusapan pa ito. Sapat na para sa inyo ang magkaroon ng pangkalahatang pagkaunawa sa kahulugan. Tapusin na natin ang ating pagbabahagi dito. Paalam!

Disyembre 17, 2013

Ang Diyos Mismo, ang Natatangi V

Ang Kabanalan ng Diyos (II)

Ngayong araw, mga kapatid, umawit tayo ng isang himno. Humanap ng gusto ninyo at palagi ninyong kinakanta. (Aawitin natin ang himno Blg. 760 ng mga salita ng Diyos, “Dalisay na Pagmamahal na Walang Dungis.”)

1 Ang “pagmamahal,” ay tumutukoy sa isang damdaming dalisay at walang dungis, kung saan ginagamit mo ang iyong puso para magmahal, makaramdam, at maging maalalahanin. Sa pagmamahal walang mga kundisyon, walang mga balakid, at walang distansya. Sa pagmamahal walang paghihinala, walang panlilinlang, at walang katusuhan. Sa pagmamahal walang humihingi ng kapalit at walang karumihan. Kung nagmamahal ka, hindi ka manlilinlang, magreklamo, magtataksil, susuway, maniningil, o maghahangad na magtamo ng isang bagay o ng isang partikular na halaga.

2 Ang “pagmamahal,” ay tumutukoy sa isang damdaming dalisay at walang dungis, kung saan ginagamit mo ang iyong puso para magmahal, makaramdam, at maging maalalahanin. Sa pagmamahal walang mga kundisyon, walang mga balakid, at walang distansya. Sa pagmamahal walang paghihinala, walang panlilinlang, at walang katusuhan. Sa pagmamahal walang humihingi ng kapalit at walang karumihan. Kung nagmamahal ka, masaya mong ilalaan ang iyong sarili, masaya mong titiisin ang hirap, makakasundo mo Ako, tatalikdan mo ang lahat ng mayroon ka para sa Akin, tatalikdan mo ang iyong pamilya, ang iyong kinabukasan, ang iyong kabataan, at ang iyong pag-aasawa. Kung hindi, ang iyong pagmamahal ay hindi talaga pagmamahal, kundi panlilinlang at pagtataksil!

—Sundan ang Cordero at Kumanta ng mga Bagong Awitin

Magandang himno itong napili ninyo. Nasisiyahan ba kayo sa pagkanta nito? Ano ang inyong nararamdaman matapos kantahin ito? Nararamdaman ba ninyo ang ganitong uri ng pagmamahal sa inyong kalooban? (Hindi pa.) Aling mga salita nito ang pumupukaw sa iyo nang pinakamatindi? (Sa pagmamahal walang mga kundisyon, walang mga balakid, at walang distansya. Sa pagmamahal walang paghihinala, walang panlilinlang, at walang katusuhan. Sa pagmamahal walang humihingi ng kapalit at walang karumihan. Ngunit sa kaibuturan ko ay nakikita ko pa rin ang maraming karumihan, at marami sa aking mga bahagi na sumusubok na makipagkasunduan sa Diyos. Hindi ko pa talaga naabot ang uri ng pagmamahal na dalisay at walang dungis.) Kung hindi mo naaabot ang pagmamahal na dalisay at walang dungis, anong antas ng pagmamahal ang mayroon ka? (Nasa yugto lamang ako kung saan ako ay nakahandang maghanap, kung saan ako ay nananabik.) Ayon sa iyong sariling tayog at nagsasalita mula sa iyong sariling karanasan, anong antas ang iyong naabot? Mayroon ka bang panlilinlang? Mayroon ka bang mga reklamo? Mayroon ka bang mga pangangailangan sa kaibuturan ng iyong puso? Mayroon bang mga bagay na gusto at hinahangad mo mula sa Diyos?

(Oo, mayroon ako nitong maruruming bagay sa loob ko.) Sa anong mga pagkakataon lumalabas ang mga ito? (Kapag ang sitwasyon na isinaayos ng Diyos para sa akin ay hindi tumutugma sa aking mga kuru-kuro, o kapag ang aking mga hinahangad ay hindi naabot, sa mga pagkakataong gaya nito, naibubunyag ko ang ganitong uri ng tiwaling disposisyon.) Kayong mga kapatid na mula sa Taiwan, madalas niyo rin bang awitin ang himnong ito? Maaari ba kayong magsalita nang kaunti kung paano ninyo naiintindihan ang “dalisyay na pagmamahal na walang dungis”? Bakit binibigyang-kahulugan ng Diyos ang pagmamahal sa ganitong paraan? (Gustung-gusto ko ang himnong ito dahil makikita ko rito na ang pagmamahal na ito ay isang ganap na pagmamahal. Gayunpaman, malayo pa ako sa pag-abot sa pamantayang iyon, at napakalayo ko pa rin sa pagtamo ng tunay na pagmamahal. Nagawa ko nang sumulong sa ilang bagay, at makipagtulungan sa pamamagitan ng lakas na ibinibigay sa akin ng Kanyang mga salita at sa pamamagitan ng pananalangin. Gayunpaman, kapag nahaharap ako sa ilang pagsubok o paghahayag, nararamdaman kong wala akong kinabukasan o kapalaran, na wala akong hantungan. Sa gayong mga pagkakataon, nakararamdam ako ng labis na panghihina, at madalas akong nababagabag ng isyung ito.) Ano ba ang talagang tinutukoy mo kapag sinasabi mong “kinabukasan at kapalaran”? Mayroon ka bang tinutukoy na isang partikular na bagay? Ito ba ay isang larawan o isang bagay na nasa imahinasyon mo, o nakikita mo ba talaga ang iyong kinabukasan at kapalaran? Ito ba ay tunay na bagay? Nais Ko na ang bawat isa sa inyo ay isipin ito: Ano ang tinutukoy ng inyong pag-aalala para sa inyong kinabukasan at kapalaran? (Ito ay upang maligtas para mabuhay ako.) Kayong iba pang mga kapatid, nagsasalita kayo nang kaunti tungkol sa inyong pagkaunawa sa “dalisyay na pagmamahal na walang dungis.” (Kapag mayroon ang isang tao nito, walang karumihang nagmumula sa kani-kanilang mga sarili, at hindi sila nakokontrol ng kanilang kinabukasan at kapalaran. Paano man sila tinatrato ng Diyos, kaya nilang sumunod nang lubusan sa gawain ng Diyos at sa Kanyang mga pangangasiwa, at sundin Siya hanggang sa katapusan. Ang ganitong uri lamang ng pagmamahal para sa Diyos ang dalisyay at walang dungis na pagmamahal. Nang ikinumpara ko ang aking sarili rito, natuklasan ko na bagama’t ako ay tila gumugol ng aking sarili o nagsakripisyo ng ilang bagay sa huling ilang taon ng pananampalataya sa Diyos, hindi ko nakayanang tunay na ibigay ang aking puso sa Kanya. Kapag inilalantad ako ng Diyos, pakiramdam ko ay parang hindi ako maliligtas, at nananahan ako sa negatibong kalagayan. Nakikita ko ang aking sarili na ginagampanan ang aking tungkulin, ngunit kasabay nito ay sumusubok akong gumawa ng mga kasunduan sa Diyos, hindi ko nagagawang mahalin ang Diyos nang buong puso, at ang aking hantungan, ang aking kinabukasan, at ang aking kapalaran ay laging nasa aking isip.) Tila nagkaroon kayo ng kaunting pagkaunawa tungkol sa himnong ito, at nakagawa kayo ng ilang pag-uugnay sa pagitan nito at ng inyong aktuwal na karanasan. Gayunpaman, mayroon kayong iba’t ibang antas ng pagtanggap sa bawat isa sa mga parirala sa himnong “Dalisyay na Pagmamahal na Walang Dungis.” Iniisip ng ilan na tungkol ito sa bukal sa loob na paggawa, ang ilan ay

naghahangad na isantabi ang kanilang kinabukasan, ang ilan ay naghahangad na iwanan ang kanilang mga pamilya, at ang ilan ay hindi naghahangad na makatanggap ng anuman. Ang iba naman ay pinipilit ang kanilang sarili na hindi magkaroon ng panlilinlang, mga reklamo, at hindi maghimagsik laban sa Diyos. Bakit gusto ng Diyos na magmungkahi ng ganitong uri ng pagmamahal at hilingin sa mga tao na ibigin Siya sa ganitong paraan? Ito ba ay isang uri ng pagmamahal na kayang maabot ng mga tao? Ibig sabihin, kaya ba ng mga tao na umibig sa ganitong paraan? Maaaring makita ng mga tao na hindi nila kaya, dahil hindi sila nagtataglay ni kaunti mang pagkaunawa sa ganitong uri ng pagmamahal. Kapag hindi ito taglay ng mga tao, at kapag hindi nila talaga nauunawaan ang tungkol sa pagmamahal, winiwika ng Diyos ang mga salitang ito, at hindi pamilyar sa kanila ang mga salitang ito. Dahil nabubuhay ang mga tao sa mundong ito na may tiwaling disposisyon, kung mayroon ang mga tao ng ganitong uri ng pagmamahal o kung magagawa ng isang tao na magtaglay ng ganitong uri ng pagmamahal, pagmamahal na hindi gumagawa ng mga kahilingan at mga pangangailangan, isang pagmamahal kung saan handa silang ilaan ang kanilang mga sarili at tiisin ang paghihirap at isuko ang lahat ng kanilang pag-aari, kung gayon ano ang iisipin ng iba sa isang taong nagtataglay ng ganitong uri ng pagmamahal? Hindi ba magiging perpekto ang gayong uri ng tao? (Oo.) Mayroon ba sa mundong ito ng perpektong taong tulad nito? Walang ganitong uri ng tao sa mundong ito. Tiyak ito. Samakatuwid, ang ilang tao, sa pamamagitan ng kanilang mga karanasan, ay gumugugol ng matinding pagsisikap upang sukatin ang kanilang mga sarili ayon sa mga salitang ito. Inaayos nila ang kanilang mga sarili, pinipigilan ang kanilang mga sarili, at palagi pa nilang tinatalikdan ang kanilang mga sarili: Tinitiiis nila ang pagdurusa at isinusuko nila ang kanilang mga kuru-kuro. Isinusuko nila ang kanilang pagiging mapanghimagsik, at ang sarili nilang mga pagnanasa at pagnanais. Ngunit sa huli, hindi pa rin nila maabot ang inaasahan. Bakit iyon nangyayari? Sinasabi ng Diyos ang mga bagay na ito upang magbigay ng pamantayan para sundin ng mga tao, upang malaman ng mga tao ang pamantayang hinihingi ng Diyos sa kanila. Ngunit kahit kailan ba ay nagsabi ang Diyos na dapat itong makamit ng mga tao kaagad? Kahit kailan ba ay sinabi ng Diyos kung gaano karaming oras mayroon ang mga tao upang makamit ito? (Hindi.) Kahit kailan ba ay sinabi ng Diyos na kailangang ibigin Siya ng mga tao sa ganitong paraan? Ganito ba ang sinasabi ng tekstong ito? Hindi ganito ang sinasabi nito. Sinasabi lamang ng Diyos sa mga tao ang tungkol sa pagmamahal na Kanyang tinutukoy. Tungkol naman sa kakayahan ng mga taong umibig sa Diyos sa ganitong paraan at tratuhin ang Diyos sa ganitong paraan, ano ang mga hinihingi ng Diyos sa mga tao? Hindi kinakailangang maabot ang mga ito kaagad, dahil lampas iyon sa kakayahan ng mga tao. Naisip na ba ninyo ang tungkol sa uri ng mga kalagayang kailangang maabot ng mga tao upang umibig sa ganitong paraan? Kung madalas nababasa ng mga tao ang mga salitang ito, unti-unti ba silang magkakaroon ng ganitong pagmamahal? (Hindi.) Kung gayon, ano ang mga kondisyon? Una, paano makakalaya ang mga tao mula

sa mga paghihinala tungkol sa Diyos? (Ang mga tapat na tao lamang ang kayang magkamit nito.) Paano naman ang pagiging malaya mula sa panlilinlang? (Kailangan din nilang maging matatapat na tao.) Paano naman ang pagiging isang tao na hindi nakikipagkasunduan sa Diyos? Iyon din ay bahagi ng pagiging isang matapat na tao. Paano naman ang pagiging malaya sa katusuhan? Ano ang ibig sabihin ng pagsasabing walang pagpili sa pagmamahal? Lahat ba ng bagay na ito ay nauuwi sa pagiging isang matapat na tao? Maraming detalye rito. Ano ang pinatutunayan nitong nagagawang magsalita at bigyang kahulugan ng Diyos ang ganitong uri ng pagmamahal sa ganitong paraan? Masasabi ba natin na taglay ng Diyos ang ganitong uri ng pagmamahal? (Oo.) Saan kayo nakakakita nito? (Sa pagmamahal ng Diyos para sa tao.) Ang pagmamahal ba ng Diyos para sa tao ay may kondisyon? Mayroon bang mga hadlang o distansya sa pagitan ng Diyos at ng tao? Mayroon bang mga paghihinala ang Diyos sa tao? (Wala.) Inoobserbahan at nauunawaan ng Diyos ang tao; tunay Niyang nauunawaan ang tao. Mapanlinlang ba ang Diyos sa tao? (Hindi.) Dahil nangungusap ang Diyos nang gayon kaperpekto tungkol sa pagmamahal na ito, magiging gayon ba kaperpekto ang Kanyang puso o ang Kanyang diwa? (Oo.) Walang alinlangan, perpekto ang mga ito; kapag ang nararanasan ng mga tao ay umabot sa isang partikular na antas, mararamdaman nila ito. Binigyang-kahulugan na ba ng mga tao ang pagmamahal sa ganitong paraan? Sa anong mga pagkakataon binigyang kahulugan ng tao ang pagmamahal? Paano nangungusap ang tao tungkol sa pagmamahal? Hindi ba nagsasalita ang tao tungkol sa pagmamahal batay sa pagbibigay o pag-aalay? (Oo.) Ang pakahulugan na ito ng pagmamahal ay payak; nagkukulang ito sa diwa.

Ang pakahulugan ng Diyos sa pagmamahal at ang paraan ng pagsasalita ng Diyos tungkol sa pagmamahal ay kaugnay sa isang aspeto ng Kanyang diwa, ngunit aling aspeto ito? Noong huling nagkasama tayo ay nagbahaginan tayo tungkol sa isang napakahalagang paksa, isang paksa na madalas tinatalakay ng mga tao noon. Ang paksang ito ay binubuo ng isang salita na madalas na pinag-uusapan tungkol sa paniniwala sa Diyos, gayunpaman ito ay salita na nararamdaman ng lahat na kapwa pamilyar at hindi pamilyar. Bakit Ko sinasabi ito? Ito ay salitang nagmumula sa mga wika ng tao; gayunpaman, ang kahulugan nito sa tao ay kapwa malinaw at malabo. Ano ang salitang ito? (Kabanalan.) Kabanalan: iyon ang ating paksa noong huling nagbahaginan tayo. Nagbahaginan tayo tungkol sa isang bahagi ng paksang ito. Sa pamamagitan ng huli nating pagbabahaginan, nagtamo ba ang lahat ng bagong pagkaunawa sa diwa ng kabanalan ng Diyos? Anong mga aspeto ng pagkaunawang ito ang itinuturing ninyong ganap na bago? Kumbaga ay, ano ang nasa pagkaunawa ninyo o nasa loob ng mga salitang iyon na nagpadama sa inyo na ang inyong pagkaunawa sa kabanalan ng Diyos ay iba kaysa sa kabanalan ng Diyos ayon sa sinabi Ko tungkol dito sa panahon ng ating pagbabahaginan? Mayroon ba kayong anumang mga palagay tungkol dito? (Sinasabi ng Diyos kung ano ang nararamdaman Niya sa Kanyang puso; ang Kanyang mga salita ay walang dungis. Ito ay pagpapamalas ng isang aspeto ng kabanalan.) (Mayroon ding

kabanalan kapag napopoot ang Diyos sa tao; ang Kanyang poot ay walang kapintasan.) (Tungkol sa kabanalan ng Diyos, nauunawaan ko na mayroong kapwa poot ng Diyos at Kanyang awa sa loob ng Kanyang matuwid na disposisyon. Nag-iwan ito ng napakalakas na impresyon sa akin. Sa ating huling pagbabahaginan, nabanggit ding ang matuwid na disposisyon ng Diyos ay natatangi—hindi ko ito naintindihan dati. Naunawaan ko lamang na ang poot ng Diyos ay iba sa galit ng tao noong marinig ko kung ano ang ibinahagi ng Diyos. Ang poot ng Diyos ay isang positibong bagay at ito ay may prinsipyo; ito ay ipinadala dahil sa likas na diwa ng Diyos. Nakikita ng Diyos ang isang bagay na negatibo kaya pinakakawalan Niya ang Kanyang poot. Ito ay isang bagay na walang nilalang ang nagtataglay.) Ang ating paksa ngayon ay ang kabanalan ng Diyos. Narinig at natutuhan na ng lahat ng tao ang tungkol sa matuwid na disposisyon ng Diyos. Higit pa rito, madalas na pinag-uusapan ng maraming tao ang tungkol sa kabanalan ng Diyos at matuwid na disposisyon ng Diyos bilang magkaugnay na konsepto; sinasabi nila na banal ang matuwid na disposisyon ng Diyos. Ang salitang “banal” ay tiyak na pamilyar sa kaninuman—ito ay isang salitang palaging ginagamit. Ngunit kaugnay sa mga kahulugan sa loob ng salitang iyon, anong mga pagpapahayag ng kabanalan ng Diyos ang nakikita ng mga tao? Ano ang ibinunyag ng Diyos na kayang makilala ng mga tao? Natatakot Ako na ito ay isang bagay na walang sinuman ang nakakaalam. Ang disposisyon ng Diyos ay matuwid, ngunit kung babanggitin mo ang matuwid na disposisyon ng Diyos at sasabihin na ito ay banal, tila ito ay medyo malabo, medyo magulo; bakit kaya ganito? Sinasabi mong matuwid ang disposisyon ng Diyos, o sinasabi mong banal ang Kanyang matuwid na disposisyon, kaya sa inyong mga puso, paano ninyo inilalarawan ang kabanalan ng Diyos, paano ninyo ito inuunawa? Sa madaling sabi, ano sa ibinunyag ng Diyos, o sa kung anong mayroon Siya at kung ano Siya, ang makikilala ng mga tao bilang banal? Naisip na ba ninyo ito noon? Ang Aking nakita ay madalas na binibigkas ng mga tao ang mga salitang karaniwang ginagamit o mga katagang nasabi na nang paulit-ulit, ngunit hindi man lang nila alam ang kanilang sinasabi. Ganoon lang ang paraan kung paano binibigkas ito ng lahat, at nakasanayan na nilang sabihin ito, kaya ito ay nagiging bahagi ng kanilang bokabularyo. Gayunpaman, kung sila ay mag-iimbestiga at pag-aaralang mabuti ang mga detalye, makikita nila na hindi nila alam ang tunay na kahulugan o kung ano ang tinutukoy nito. Kagaya na lamang ng salitang “banal,” walang sinuman ang nakakaalam ng eksaktong aspeto ng diwa ng Diyos na tinutukoy kaugnay ng Kanyang kabanalan na binabanggit nila, at walang nakakaalam kung paano maitutugma ang salitang “banal” sa Diyos. Naguguluhan ang mga tao sa kanilang mga puso, at ang kanilang pagkakilala sa kabanalan ng Diyos ay malabo at hindi malinaw. Tungkol naman sa kung paano naging banal ang Diyos, walang sinuman ang nakakaunawa nito. Ngayon, tayo ay magbabahaginan tungkol sa paksang ito upang iayon ang salitang “banal” sa Diyos upang makita ng mga tao ang aktuwal na nilalaman ng diwa ng kabanalan ng Diyos. Mapipigilan nito ang ilang tao mula sa palagian at walang pag-iingat na paggamit ng salitang ito at pagsasabi ng mga

bagay nang walang tiyak na kaayusan samantalang hindi nila alam ang kanilang ibig sabihin o kung sila ba ay tama at tumpak. Laging nagsasalita ang mga tao ng ganito; ganito ka, ganito siya, kaya't ito ay naging isang nakasanayang pananalita. Niyuyurakan nito nang hindi sinasadya ang salitang iyon.

Kung titingnan, ang salitang “banal” ay tila napakadaling intindihin, hindi ba? Kahit paano, naniniwala ang mga tao na ang salitang “banal” ay nangangahulugang malinis, walang bahid ng dumi, sagrado, at dalisay. Mayroon ding mga nag-uugnay ng “kabanalan” sa “pagmamahal” sa himnong “Dalisay na Pagmamahal na Walang Dungis” na kakakanta lang natin ngayon. Ito ay tama; ito ay isang bahagi nito. Ang pagmamahal ng Diyos ay bahagi ng Kanyang diwa, ngunit hindi ito ang kabuuan nito. Gayunman, sa mga kuru-kuro ng mga tao, nakikita nila ang salita at iniuugnay ito sa mga bagay na itinuturing nila bilang dalisay at malinis, o sa mga bagay na personal nilang naiisip na walang bahid ng dumi o walang dungis. Halimbawa, sinabi ng ilang tao na ang bulaklak na lotus ay malinis, at ito ay sumisibol nang walang kapintasan mula sa maruming putik. Kaya nagsimula ang mga tao na gamitin ang salitang “banal” sa bulaklak na lotus. Banal ang tingin ng ilang tao sa mga kuwento ng pagmamahal na piksyonal, o maaaring tingnan nila ang mga kahanga-hanga ngunit kathang-isip na tauhan bilang banal. Dagdag pa rito, itinuturing ng ilan ang mga tauhan sa Bibliya, o ang ibang nasusulat sa mga aklat na espirituwal—kagaya ng mga santo, mga apostol, o iba pa na minsang sumunod sa Diyos noong ginawa Niya ang Kanyang gawain—bilang mga nagkaroon ng mga karanasang espirituwal na banal. Ang lahat ng ito ay mga bagay na naisip ng mga tao; mga kuru-kuro na pinanghahawakan ng mga tao. Bakit pinanghahawakan ng mga tao ang mga kuru-kurong gaya nito? Ang dahilan ay napakasimple: Ito ay dahil namumuhay ang mga tao sa gitna ng tiwaling disposisyon at naninirahan sa isang mundo ng kasamaan at karumihan. Ang lahat ng kanilang nakikita, lahat ng kanilang nahahawakan, lahat ng kanilang nararanasan ay kasamaan at katiwalian ni Satanas pati na rin ang panloloko, paglalabanan, at digmaan na nagaganap sa mga tao na nasa ilalim ng impluwensya ni Satanas. Samakatuwid, kahit isinasagawa ng Diyos ang Kanyang gawain sa mga tao, at kahit Siya ay nangungusap sa kanila at ibinubunyag ang Kanyang disposisyon at diwa, hindi nila nakikita o nauunawaan ang kabanalan at diwa ng Diyos. Madalas sinasabi ng mga tao na ang Diyos ay banal, ngunit kulang sila ng tunay na pagkaunawa; mga salitang walang kahulugan lamang ang binibigkas nila. Dahil naninirahan ang mga tao sa gitna ng karumihan at katiwalian at nasa sakop ni Satanas, at hindi nila nakikita ang liwanag, walang alam tungkol sa mga positibong bagay, at higit pa rito, hindi nila alam ang katotohanan, walang sinuman ang tunay na nakakaalam kung ano ang ibig sabihin ng “banal.” Kaya mayroon bang anumang banal na mga bagay o banal na mga tao sa gitna ng tiwaling sangkatauhan na ito? Masasabi natin nang may katiyakan: Wala, wala nito, dahil ang diwa lamang ng Diyos ang banal.

Noong nakaraan, nagbahaginan tayo tungkol sa isang aspeto kung paanong ang diwa ng Diyos ay banal. Nagbigay ito ng inspirasyon para makamit ng mga tao ang

kaalaman tungkol sa kabanalan ng Diyos, ngunit hindi ito sapat. Hindi nito kayang matulungan ang mga tao na lubusang maunawaan ang kabanalan ng Diyos, ni hindi nito kayang matulungan silang intindihin na ang kabanalan ng Diyos ay natatangi. Dagdag pa rito, hindi nito kayang tulungan nang sapat ang mga tao na unawain ang tunay na kahulugan ng kabanalan na lubusang kinakatawan ng Diyos. Samakatuwid, kinakailangang ipagpatuloy natin ang ating pagbabahaginan sa paksang ito. Noong nakaraan, tinalakay sa ating pagbabahaginan ang tatlong paksa, kaya dapat nating talakayin ngayon ang ikaapat. Magsisimula tayo sa pagbabasa mula sa Kasulatan.

Ang Tukso ni Satanas

Mateo 4:1–4 Pagkatapos ay dinala ng Espiritu si Jesus sa disyerto upang tuksuhin ng diyablo. At nang Siya'y makapag-ayuno nang apatnapung araw at apatnapung gabi, sa wakas ay nagutom Siya. At ang manunukso ay dumating at nagsabi sa Kanya, “Kung Ikaw ang Anak ng Diyos, ay ipag-utos Mo na ang mga batong ito ay maging mga tinapay.” Datapuwat Siya'y sumagot, at sinabi, “Nasusulat, hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawat salitang lumalabas sa bibig ng Diyos.”

Ito ang mga salitang unang ginamit ng diyablo upang tuksuhin ang Panginoong Jesus. Ano ang nilalaman ng sinabi ng diyablo? (“Kung Ikaw ang Anak ng Diyos, ay ipag-utos Mo na ang mga batong ito ay maging mga tinapay.”) Ang mga salitang sinabi ng diyablo ay napakapayak, ngunit mayroon bang problema sa diwa ng mga ito? Sinabi ng diyablo, “Kung Ikaw ang Anak ng Diyos,” ngunit sa puso nito, alam ba nito na si Jesus ang Anak ng Diyos o hindi? Alam ba nito na Siya ang Cristo o hindi? (Alam nito.) Kung gayon, bakit nito sinabing “Kung Ikaw”? (Sinusubukan nitong tuksuhin ang Diyos.) Ngunit ano ang layunin nito sa paggawa nito? Sinabi nitong, “Kung Ikaw ang Anak ng Diyos.” Sa puso nito, alam nito na si Jesucristo ang Anak ng Diyos, ito ay napakalinaw sa puso nito, ngunit sa kabila ng pagkakaalam tungkol dito, nagpasakop ba ito sa Kanya o sinamba ba Siya nito? (Hindi.) Ano ang nais nitong gawin? Nais nitong gamitin ang pamamaraang ito at ang mga salitang ito upang galitin ang Panginoong Jesus, at pagkatapos ay linlangin Siya na kumilos ayon sa mga layunin nito. Hindi ba ito ang kahulugan sa likod ng mga salita ng diyablo? Sa puso ni Satanas, malinaw na alam nito na Siya ang Panginoong Jesucristo, ngunit sinabi pa rin nito ang mga salitang ito. Hindi ba ito ang kalikasan ni Satanas? Ano ang kalikasan ni Satanas? (Ang maging tuso, masama, at walang paggalang sa Diyos.) Ano ang mga kahahantungan ng kawalan ng paggalang sa Diyos? Hindi ba't gusto nitong salakayin ang Diyos? Gusto nitong gamitin ang pamamaraang ito upang salakayin ang Diyos, kaya't sinabi nito: “Kung Ikaw ang Anak ng Diyos, ay ipag-utos Mo na ang mga batong ito ay maging mga tinapay”; hindi ba ito ang masamang intensyon ni Satanas? Ano ang talagang sinusubukan nitong gawin? Ang pakay nito ay napakalinaw: Sinusubukan nitong gamitin ang pamamaraang ito upang pasinungalingan ang posisyon at pagkakakilanlan ng Panginoong Jesucristo.

Ang ibig sabihin ni Satanas sa mga salitang iyon ay, “Kung Ikaw ang Anak ng Diyos, gawin Mong tinapay ang mga batong ito. Kung hindi Mo gagawin, hindi Ikaw ang Anak ng Diyos at hindi Mo na dapat na isakatuparan pa ang Iyong gawain.” Tama ba? Gusto nitong gamitin ang pamamaraang ito upang salakayin ang Diyos, gusto nitong buwagin at sirain ang gawain ng Diyos; ito ang kasamaan ni Satanas. Ang kasamaan nito ay natural na pagpapahayag ng kalikasan nito. Kahit na alam nitong ang Panginoong Jesucristo ang Anak ng Diyos, ang mismong pagkakatawang-tao ng Diyos, hindi nito kayang pigilin ang sarili na gawin ang ganitong uri ng bagay, na bumuntot-buntot sa Diyos at patuloy na salakayin Siya at magsikap na mabuti upang gambalain at wasakin ang gawain ng Diyos.

Ngayon, ating suriin ang katagang binigkas ni Satanas: “Ipag-utos Mo na ang mga batong ito ay maging mga tinapay.” Gawing tinapay ang mga bato—mayroon ba itong ibig sabihin? Kung mayroong pagkain, bakit hindi mo ito kakainin? Bakit kinakailangan na ang mga bato ay gawing pagkain? Masasabi ba na walang ibig ipakahulugan dito? Kahit na Siya ay nag-aayuno noong mga oras na iyon, tiyak namang may pagkain na makakain ang Panginoong Jesus? (Mayroon.) Kung gayon, dito, nakikita natin ang kahibangan ng mga salita ni Satanas. Sa kabila ng pandaraya at malisya ni Satanas, nakikita pa rin natin ang pagiging hibang at kakatwa nito. Gumagawa si Satanas ng ilang bagay kung saan ay makikita mo ang malisyosong kalikasan nito; makikita mo itong gumagawa ng mga bagay na wumawasak sa gawain ng Diyos, at sa pagkakita nito ay nararamdaman mong nakakagalit at nakakayamot ito. Ngunit, sa kabilang banda, hindi mo ba nakikita ang isang parang bata at katawa-tawang kalikasan sa likod ng mga salita at gawa nito? Ito ay isang paghahayag tungkol sa kalikasan ni Satanas; dahil mayroon itong ganitong uri ng kalikasan, gagawin nito ang ganitong uri ng bagay. Sa mga tao ngayon, ang mga katagang ito ni Satanas ay kahibangan at katawa-tawa. Ngunit ang mga salitang iyon ay kaya talagang bigkasin ni Satanas. Masasabi ba natin na ito ay ignorante at kakatwa? Ang kasamaan ni Satanas ay nasa lahat ng dako at patuloy na nabubunyag. At paano ito sinagot ng Panginoong Jesus? (“Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawat salitang lumalabas sa bibig ng Diyos.”) Mayroon bang anumang kapangyarihan ang mga salitang ito? (Oo, mayroon.) Bakit natin sinasabi na may kapangyarihan ang mga ito? Ito ay dahil ang mga salitang ito ay katotohanan. Ngayon, sa tinapay lamang ba nabubuhay ang tao? Ang Panginoong Jesus ay nag-ayuno sa loob ng apatnapung araw at gabi. Namatay ba Siya sa gutom? Hindi Siya namatay sa gutom, kaya nilapitan Siya ni Satanas, inuudyukan Siya na gawing pagkain ang mga bato sa pamamagitan ng pagsasabi ng mga bagay na tulad ng: “Kung gagawin Mong pagkain ang mga bato, hindi ba’t magkakaroon Ka na ng makakain? Hindi ba’t hindi Mo na kailangang mag-ayuno, hindi na kailangang magutom?” Ngunit sinabi ng Panginoong Jesus, “Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao,” na nangangahulugang, kahit na ang tao ay naninirahan sa pisikal na katawan, ang nagpapahintulot sa pisikal na katawan na mabuhay at huminga ay hindi pagkain, kundi ang bawat isa sa mga

salitang binigkas ng bibig ng Diyos. Sa isang banda, ang mga salitang ito ay katotohanan; binibigyan nila ng pananampalataya ang mga tao, ipinadarama sa kanila na maaari silang dumepende sa Diyos, at na Siya ay katotohanan. Sa kabilang banda, mayroon bang praktikal na aspeto sa mga salitang ito? Hindi ba't ang Panginoong Jesus ay nakatayo pa rin doon at buhay pa rin pagkatapos mag-ayuno sa loob ng apatnapung araw at gabi? Hindi ba ito isang tunay na halimbawa? Hindi Siya kumain ng kahit anumang pagkain sa loob ng apatnapung araw at gabi, ngunit buhay pa rin Siya. Ito ang makapangyarihang ebidensya na nagpapatunay sa katotohanan ng Kanyang mga salita. Ang mga salitang ito ay simple, ngunit para sa Panginoong Jesus, binigkas Niya ba ito noon lamang tinukso Siya ni Satanas, o dati nang natural na bahagi Niya ang mga ito? Sa ibang pananalita, ang Diyos ay katotohanan, at ang Diyos ay buhay, ngunit ang katotohanan at buhay ba ng Diyos ay huling pandagdag lamang? Ang mga ito ba ay mula sa bagong karanasan? Hindi—sila ay likas sa Diyos. Ibig sabihin, ang katotohanan at buhay ang diwa ng Diyos. Anuman ang sapitin Niya, ang tangi Niyang ibinubunyag ay katotohanan. Ang katotohanang ito, ang mga salitang ito—ang nilalaman man ng Kanyang pananalita ay mahaba o maikli—ay kayang bigyang-kakayanan ang tao na mabuhay at bigyan ang tao ng buhay; mabibigyang-kakayanan ng mga ito ang tao na makamit ang katotohanan at kalinawan tungkol sa landas ng buhay ng tao, at tulungan silang magkaroon ng pananampalataya sa Diyos. Sa madaling salita, ang pinagmumulan ng paggamit ng Diyos ng mga salitang ito ay positibo. Kaya masasabi ba natin na ang positibong bagay na ito ay banal? (Oo.) Ang mga salitang ito ni Satanas ay nanggagaling sa kalikasan ni Satanas. Ibinubunyag ni Satanas ang kanyang masama at malisyosong kalikasan kahit saan, sa lahat ng oras. Ngayon, ginagawa ba ni Satanas ang mga pagbubunyag na ito nang natural? Mayroon bang gumagabay rito para gawin ito? Tinutulungan ba ito ng sinuman? Pinupuwersa ba ito ng sinuman? Hindi. Ang lahat ng mga paghahayag na ito ay ginagawa nito sa sarili nitong pag-iisip. Ito ang masamang kalikasan ni Satanas. Anuman ang ginagawa ng Diyos at kahit paano man Niya ginagawa ito, sinusundan ito nang husto ni Satanas. Ang diwa at tunay na kalikasan ng mga bagay na ito na sinasabi at ginagawa ni Satanas ay siyang diwa ni Satanas—diwang masama at malisyoso. Ngayon, sa patuloy nating pagbasa, ano pa ang sinabi ni Satanas? Basahin natin.

Mateo 4:5–7 Nang magkagayo'y dinala Siya ng diyablo sa bayang banal; at inilagay Siya sa taluktok ng templo, at sa Kanya'y sinabi, “Kung Ikaw ang Anak ng Diyos, ay magpatihulog Ka: sapagkat nasusulat, ‘Siya’y magbibilin sa Kanyang mga anghel tungkol sa Iyo: at, aalalayan Ka ng kanilang mga kamay, baka matisod Ka ng Iyong paa sa isang bato.” Sinabi sa kanya ni Jesus, “Nasusulat din naman, ‘Huwag mong tutuksuhin ang Panginoon mong Diyos.’”

Pag-usapan muna natin ang mga salitang sinabi ni Satanas dito. Sinabi ni Satanas, “Kung Ikaw ang Anak ng Diyos, ay magpatihulog Ka,” at pagkatapos ay sinabi nito mula sa mga Kasulatan, “Siya’y magbibilin sa Kanyang mga anghel tungkol sa Iyo: at,

aalalayan Ka ng kanilang mga kamay, baka matisod Ka ng Iyong paa sa isang bato.” Ano ang iyong nararamdaman kapag naririnig ang mga salita ni Satanas? Hindi ba masyadong may pagka-isip-bata ang mga ito? Ang mga ito ay may pagka-isip-bata, kahibangan, at nakakayamot. Bakit Ko sinasabi ito? Palaging gumagawa si Satanas ng mga bagay na kahangalan, at naniniwala ito na ito ay napakatalino. Madalas itong sumisipi mula sa mga Kasulatan—kahit ang mismong mga salita ng Diyos—sumusubok na gamitin ang mga salitang ito laban sa Diyos upang salakayin Siya at upang tuksuhin Siya sa pagtatangkang makamit ang layunin nitong wasakin ang plano ng gawain ng Diyos. May napapansin ka ba sa mga sinabi ni Satanas? (Mayroong mga masamang pakay si Satanas.) Sa lahat ng ginagawa ni Satanas, palagi nitong sinisikap na tuksuhin ang sangkatauhan. Hindi nagsasalita si Satanas nang deretsahan, kundi sa paligoy-ligoy na paraang gamit ang panunukso, panlilinlang, at pang-aakit. Ginagawa ni Satanas ang pagtukso sa Diyos na para bang isa Siyang pangkaraniwang tao, naniniwalang ang Diyos ay mangmang din, hangal, at hindi kayang malinaw na makilala ang mga bagay sa tunay nilang anyo, na katulad ng taong hindi rin magagawa ito. Iniisip ni Satanas na ang Diyos at ang tao ay parehong hindi nakakakita sa diwa nito at sa panlilinlang at masamang pakay nito. Hindi ba ito ang kahangalan ni Satanas? Higit pa rito, hayagang bumabanggit si Satanas ng mga kasabihan mula sa mga Kasulatan, iniisip na ang paggawa nito ay nagbibigay rito ng kredibilidad, at na hindi mo makikita ang anumang kamalian sa mga salita nito o maiiwasang malinlang. Hindi ba ito ang pagiging kakatwa at isip-bata ni Satanas? Ito ay kagaya lang kapag ang ilang tao ay nagpapalaganap ng ebanghelyo at nagpapatotoo sa Diyos: hindi ba’t sinasabi ng mga di-mananampalataya ang kagaya ng sinabi ni Satanas? Narinig na ba ninyo ang mga tao na nagsasabi ng mga bagay na kapareho nito? Ano ang pakiramdam mo kapag naririnig mo ang mga bagay na katulad nito? Nakakaramdam ka ba ng pagkayamot? (Oo.) Kapag nakakaramdam ka ng pagkayamot, nakakaramdam ka rin ba ng pag-ayaw at pagkamuhi? Kapag mayroon kang mga pakiramdam na ganito, kaya mo bang matukoy na si Satanas at ang tiwaling disposisyon na ginagawa ni Satanas sa tao ay masama? Sa iyong puso, nagkaroon ka ba ng pagkaunawang katulad ng: “Kapag nagsalita si Satanas, ginagawa niya ito bilang pagsalakay at panunukso; ang mga salita ni Satanas ay kakatwa, nakakatawa, pang-isip-bata, at nakakayamot; gayunpaman, hindi magsasalita o gagawa ang Diyos sa gayong paraan, at sa katunayan ay hindi Niya iyon kailanman ginawa”? Siyempre, sa sitwasyong ganito lamang nagkakaroon ang mga tao ng kaunting pakiramdam dito, at patuloy silang hindi nakakaunawa sa kabanalan ng Diyos. Sa inyong kasalukuyang tayog, nararamdaman lamang ninyo na: “Ang lahat ng sinasabi ng Diyos ay ang katotohanan, ito ay may pakinabang sa atin, at dapat nating tanggapin ito.” Tanggapin man ninyo ito o hindi, sinasabi ninyo nang walang pagtatangi na ang salita ng Diyos ay katotohanan at ang Diyos ay katotohanan, ngunit hindi ninyo alam na ang katotohanan mismo ay banal at ang Diyos ay banal.

Kung gayon, ano ang sagot ni Jesus sa mga salitang ito ni Satanas? Sinabi rito ni

Jesus, “Nasusulat din naman, ‘Huwag mong tutuksuhin ang Panginoon mong Diyos.’” Mayroon bang katotohanan sa mga salitang ito na sinabi ni Jesus? May katotohanan talaga ang mga ito. Sa mababaw na pagkaunawa, ang mga salitang ito ay utos na dapat sundin ng mga tao, isang simpleng parirala, gayunpaman, madalas nang sinuway kapwa ng tao at ni Satanas ang mga salitang ito. Kaya naman, sinabi ng Panginoong Jesus kay Satanas, “Huwag mong tutuksuhin ang Panginoon mong Diyos,” dahil ito ang malimit na ginagawa ni Satanas na may kasipagan. Maaari ding sabihin na walang pakundangan at walang kahihyan itong ginagawa ni Satanas. Nasa kalikasan at diwa ni Satanas ang hindi matakot sa Diyos at hindi magkaroon ng paggalang sa Diyos sa puso nito. Kahit na noong nakatayo si Satanas sa tabi ng Diyos at nakikita Siya, hindi nito napigil ang sarili na tuksuhin ang Diyos. Kaya, sinabi ng Panginoong Jesus kay Satanas, “Huwag mong tutuksuhin ang Panginoon mong Diyos.” Ito ay mga salitang madalas sinasabi ng Diyos kay Satanas. Kung gayon, naaangkop ba na gamitin ang pariralang ito sa kasalukuyan? (Oo, dahil madalas din nating tuksuhin ang Diyos.) Bakit madalas tinutukso ng mga tao ang Diyos? Ito ba ay dahil puno ang mga tao ng tiwali at satanikong disposisyon? (Oo.) Kung gayon, ang mga salita ba ni Satanas ay mas mataas sa madalas na sinasabi ng mga tao? At sa anong mga sitwasyon sinasabi ng mga tao ang mga salitang ito? Maaaring sabihin na ang mga tao ay bumibigkas ng mga bagay na katulad nito anumang oras at lugar. Pinatutunayan nito na ang disposisyon ng mga tao ay hindi naiiba sa tiwaling disposisyon ni Satanas. Sinabi ng Panginoong Jesus ang ilang simpleng kataga, mga salitang kumakatawan sa katotohanan, mga salitang kailangan ng mga tao. Gayunpaman, sa sitwasyong ito, nagsasalita ba ang Panginoong Jesus sa gayong paraan upang makipagtalo kay Satanas? Mayroon bang anumang bakas ng pakikipagtalo sa sinabi Niya kay Satanas? (Wala.) Ano ba ang naramdaman ng Panginoong Jesus sa Kanyang puso sa panunukso ni Satanas? Nakaramdam ba Siya ng pagkayamot at pagkasuklam? Ang Panginoong Jesus ay nasuklam at nayamot ngunit hindi Siya nakipagtalo kay Satanas, lalong hindi Siya nagsalita tungkol sa anumang engrangeng mga prinsipyo. Bakit ganon? (Dahil laging ganito si Satanas, hindi ito kailanman magbabago.) Maaari bang sabihin na hindi tinatablan si Satanas ng katwiran? (Oo.) Makikilala ba ni Satanas na ang Diyos ay katotohanan? Hindi kailanman kikilalanin ni Satanas na ang Diyos ay katotohanan at hindi nito kailanman aaminin na ang Diyos ay katotohanan; ito ang kalikasan nito. Mayroon pang isang aspeto sa kalikasan ni Satanas na nakasusulasok. Ano ito? Sa mga pagtatangka nitong tuksuhin ang Panginoong Jesus, inisip ni Satanas na kahit na hindi ito magtatagumpay, susubukan pa rin nitong gawin ito. Kahit na mapaparusahan ito, pinili pa rin nitong subukan ito. Kahit na wala itong makukuhang pakinabang sa paggawa nito, susubok pa rin ito, na nagpipilit sa mga pagsisikap nito at tatayo laban sa Diyos hanggang sa katapus-tapusan. Anong uri ng kalikasan ito? Hindi ba iyon masama? Kapag nanggagalaiti ang isang tao at nagwawala kapag nababanggit ang Diyos, nakita na ba niya ang Diyos? Kilala ba niya kung sino ang Diyos? Hindi niya alam kung sino ang Diyos, hindi siya

naniniwala sa Kanya, at hindi pa nakikipag-usap ang Diyos sa kanya. Hindi siya kailanman ginambala ng Diyos, kaya bakit siya magagalit? Maaari ba nating sabihin na ang taong ito ay masama? Ang mga makamundong kalakaran, pagkain, pag-inom, at paghahanap ng kasiyahan at paghabol sa mga sikat na tao—wala sa mga bagay na ito ang makagagambala sa ganitong tao. Gayunpaman, isang pagbigkas lang ng salitang “Diyos” o ng katotohanan ng mga salita ng Diyos, agad siyang nagwawala. Hindi ba ito ang bumubuo sa pagkakaroon ng masamang kalikasan? Ito ay sapat na upang patunayan na ito ang masamang kalikasan ng tao. Ngayon, para sa inyong mga sarili, mayroon bang mga pagkakataon na kapag ang katotohanan ay nababanggit, o kapag ang mga pagsubok ng Diyos para sa sangkatauhan o kapag ang mga salita ng paghatol ng Diyos laban sa tao ay nabanggit, nakakaramdam kayo ng pag-ayaw, nakakaramdam kayo ng pagtanggì, at hindi ninyo gustong marinig ang tungkol dito? Ang inyong mga puso ay maaaring mag-isip: “Hindi ba lahat ng tao ay nagsabing ang Diyos ang katotohanan? Ang ilan sa mga salitang ito ay hindi katotohanan! Malinaw na mga salita lamang ng pagpapaalala ng Diyos sa tao ang mga ito!” Maaari pa ngang makaramdam ang ibang tao ng matinding pag-ayaw sa kanilang mga puso, at isiping: “Ito ay napag-uusapan araw-araw—ang Kanyang mga pagsubok, ang Kanyang paghatol, kailan matatapos ang lahat ng ito? Kailan natin matatanggap ang mabuting hantungan?” Hindi batid kung saan nanggagaling ang hindi makatwirang galit na ito. Anong uri ng kalikasan ito? (Masamang kalikasan.) Ito ay inuudyukan at ginagabayan ng masamang kalikasan ni Satanas. Mula sa pananaw ng Diyos, kaugnay ng masamang kalikasan ni Satanas at ng tiwaling disposisyon ng tao, hindi Siya kailanman nakikipagtalo o nagkikimkim ng galit sa mga tao, at hindi Siya gumagawa ng gulo kapag ang mga tao ay kumikilos na may kahangalan. Hindi ninyo kailanman makikita ang Diyos na magkaroon ng mga pananaw sa mga bagay-bagay na gaya ng sa mga tao, at higit pa rito, hindi ninyo Siya makikitang gumagamit ng mga pananaw, kaalaman, siyensya, pilosopiya o imahinasyon ng sangkatauhan para mapangasiwaan ang mga bagay-bagay. Sa halip, ang lahat ng ginagawa ng Diyos at ang lahat ng Kanyang ibinubunyag ay may kaugnayan sa katotohanan. Ibig sabihin, bawat salitang sinabi Niya at bawat kilos na Kanyang ginawa ay may kaugnayan sa katotohanan. Ang katotohanang ito ay hindi nagmula sa ilang pantasyang walang basehan; ang katotohanang ito at mga salitang ito ay naipapahayag ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang diwa at Kanyang buhay. Dahil ang mga salitang ito at ang diwa ng lahat ng ginawa ng Diyos ay katotohanan, maaari nating sabihin na ang diwa ng Diyos ay banal. Sa madaling sabi, ang lahat ng sinasabi at ginagawa ng Diyos ay nagbibigay ng sigla at liwanag sa mga tao, nagbibigay-kakayahan sa mga tao na makita ang mga positibong bagay at ang realidad ng mga positibong bagay na iyon, at itinuturo ang daan sa sangkatauhan para makalakad sila sa tamang landas. Ang mga bagay na ito ay pinagpapasyahan lahat ng diwa ng Diyos at ng diwa ng Kanyang kabanalan. Nakikita na ninyo ito ngayon, hindi ba? Ngayon, magpapatuloy tayo sa isa pang pagbasa mula sa mga Kasulatan.

Mateo 4:8–11 Muli Siyang dinala ng diyablo sa isang bundok na lubhang mataas, at ipinamalas sa Kanya ang lahat ng mga kaharian sa sanlibutan, at ang kaluwalhatian nila; At sinabi nito sa Kanya, “Lahat ng mga bagay na ito ay ibibigay ko sa Iyo, kung Ikaw ay magpapatirapa at sasambahin Mo ako.” Nang magkagayo’y sinabi sa kanya ni Jesus, “Humayo ka, Satanas: sapagkat nasusulat, ‘Sa Panginoon mong Diyos sasamba ka, at Siya lamang ang iyong paglilingkuran.’” Nang magkagayo’y iniwan Siya ng diyablo; at narito, nagsidating ang mga anghel at Siya’y pinaglingkuran.

Ang diyablong si Satanas, na nabigo sa dalawang nakalipas na panlilinlang nito, ay sumubok na muli: Ipinakita nito ang lahat ng kaharian sa mundo at ang kaluwalhatian ng mga ito sa Panginoong Jesus at hinilingan Siyang sambahin ito. Ano ang nakikita mo sa mga tunay na katangian ng diyablo mula sa sitwasyong ito? Hindi ba tunay na walang kahihiyan ang diyablong si Satanas? (Oo.) Paano ito naging walang kahihiyan? Ang lahat ay nilikha ng Diyos, ngunit binaliktad ito ni Satanas at ipinapakita ang lahat ng bagay sa Diyos habang sinasabi ito, “Tingnan mo ang kayamanan at kaluwalhatian ng lahat ng kahariang ito. Lahat ng ito ay ibibigay ko sa Iyo kung sasambahin Mo ako.” Hindi ba ito isang lubos na pagpapalitan ng papel? Hindi ba’t walang kahihiyan si Satanas? Nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay, ngunit para ba iyon sa Kanyang sariling kasiyahan? Ibinigay ng Diyos ang lahat sa sangkatauhan, ngunit lahat ng ito ay gustong kunin ni Satanas at pagkakuha rito ay sinabi nito sa Diyos, “Sambahin Mo ako! Sambahin Mo ako at ibibigay ko sa Iyo ang lahat ng ito.” Ito ang pangit na mukha ni Satanas; ito ay tunay na walang kahihiyan! Hindi nga alam ni Satanas ang kahulugan ng salitang “kahihiyan.” Ito ay isa pang halimbawa ng kasamaan nito. Hindi man lang nito alam kung ano ang kahihiyan. Malinaw na alam ni Satanas na ang lahat ay nilikha ng Diyos at Siya ang namamahala nito at may kapangyarihan sa lahat ng bagay. Ang lahat ay pag-aari ng Diyos, hindi ng tao, at lalong hindi kay Satanas, ngunit si Satanas na diyablo ay walang kahihiyan na sinabing ibibigay nito ang lahat sa Diyos. Hindi ba ito isa pang halimbawa na muling kumikilos si Satanas sa paraang kakatwa at walang kahihiyan? Lalong kinamumuhian ng Diyos si Satanas dahil dito, hindi ba? Ngunit anuman ang subukang gawin ni Satanas, nalinlang ba ang Panginoong Jesus? Ano ang sinabi ng Panginoong Jesus? (“Sa Panginoon mong Diyos sasamba ka, at Siya lamang ang iyong paglilingkuran.”) Mayroon bang praktikal na kahulugan ang mga salitang ito? (Oo.) Anong uri ng praktikal na kahulugan? Nakikita natin ang pagiging masama at walang kahihiyan ni Satanas sa pagsasalita nito. Kaya kung sinamba ng tao si Satanas, ano kaya ang magiging kahihinatnan? Makakatanggap kaya sila ng kayamanan at kaluwalhatian ng lahat ng kaharian? (Hindi.) Ano ang kanilang matatanggap? Magiging kasing walang kahihiyan at kasing katawa-tawa ba sila gaya ni Satanas? (Oo.) Wala silang ipagkakaiba kung gayon kay Satanas. Kaya naman, sinabi ng Panginoong Jesus ang mga salitang ito na mahalaga para sa bawat tao: “Sa Panginoon mong Diyos sasamba ka, at Siya lamang ang iyong paglilingkuran.” Nangangahulugan ito na maliban

sa Panginoon, maliban sa Diyos Mismo, kung maglilingkod ka sa iba pa, kung sasambahin mo si Satanas na diyablo, kung gayon ay malulublob ka sa parehong karumihan gaya ng kay Satanas. Makikibahagi ka kung gayon sa kawalang kahihiyan at kasamaan ni Satanas, at kagaya lamang ni Satanas, tutuksuhin at sasalakayin mo ang Diyos. Kung gayon, ano ang iyong magiging kahihinatnan? Ikaw ay kamumuhian ng Diyos, pababagsakin ng Diyos, at wawasakin ng Diyos. Matapos mabigong tuksuhin ni Satanas ang Panginoong Jesus nang ilang beses, sumubok ba ito ulit? Hindi na sumubok ulit si Satanas at umalis na ito. Ano ang pinatutunayan nito? Pinatutunayan nito ang likas na kasamaan ni Satanas, ang malisya nito, at ang pagiging kakatwa at kabaliwan nito ay hindi karapat-dapat na banggitin pa sa harap ng Diyos. Tinalo ng Panginoong Jesus si Satanas sa pamamagitan lamang ng tatlong pangungusap, matapos nito ay umalis ito na bahag ang buntot sa pagitan ng mga binti nito, labis na nahihiyang ipakita ang mukha nito, at hindi na kailanman nito muling tinukso ang Panginoong Jesus. Dahil napagtagumpayan na ng Panginoong Jesus ang panunuksong ito ni Satanas, madali na Niyang maipagpapatuloy ang gawain na kinailangan Niyang gawin at isagawa ang mga tungkuling nakaatang sa Kanya. Ang lahat ba ng ginawa at sinabi ng Panginoong Jesus sa sitwasyong ito ay nagtataglay ng anumang praktikal na kahulugan para sa bawat tao kung ito ay isinasabuhay ngayon? (Oo.) Anong uri ng praktikal na kahulugan? Ang pagtalo ba kay Satanas ay madaling gawin? Dapat bang magkaroon ang mga tao ng malinaw na pagkaunawa sa likas na kasamaan ni Satanas? Dapat bang magkaroon ang mga tao ng tiyak na pagkaunawa sa mga panunukso ni Satanas? (Oo.) Kapag naranasan mo ang mga panunukso ni Satanas sa iyong sariling buhay, at kung nakita mo ang likas na kasamaan ni Satanas, hindi mo ba ito makakayanang talunin? Kung alam mo ang pagiging kakatwa at hibang ni Satanas, mananatili ka pa rin ba sa panig ni Satanas at sasalakayin ang Diyos? Kung nauunawaan mo kung paano nabubunyag sa pamamagitan mo ang malisya at kawalang kahihiyan ni Satanas—kung malinaw mong nakikilala at nalalaman ang mga bagay na ito—tutuligsain at tutuksuhin mo pa rin ba ang Diyos sa ganitong paraan? (Hindi, hindi namin gagawin.) Ano ang inyong gagawin? (Maghihimagsik kami laban kay Satanas at isasantabi ito.) Iyon ba ay isang bagay na madaling gawin? Hindi ito madali. Para magawa ito, dapat ay magdasal ang mga tao nang madalas, dapat nilang ilagay nang madalas ang kanilang mga sarili sa harapan ng Diyos at suriin ang kanilang mga sarili. At dapat nilang hayaang dumapo sa kanila ang pagdidisiplina ng Diyos at ang Kanyang paghatol at pagkastigo. Sa ganitong paraan lamang dahan-dahang maiaalis ng mga tao ang kanilang mga sarili mula sa panlilinlang at pagkontrol ni Satanas.

Ngayon, sa pamamagitan ng pagtingin sa lahat ng salitang binigkas ni Satanas, ating lalagumin ang mga bagay na bumubuo sa diwa ni Satanas. Una, ang diwa ni Satanas sa pangkalahatan ay maaaring masabing masama, na taliwas sa kabanalan ng Diyos. Bakit Ko sinasabi na ang diwa ni Satanas ay masama? Upang masagot ang tanong na ito, dapat na suriin ng tao ang mga bunga ng mga ginawa ni Satanas sa mga

tao. Ginagawang tiwali at kinokontrol ni Satanas ang tao, at ang tao ay kumikilos sa ilalim ng tiwaling disposisyon ni Satanas, at namumuhay sa mundo ng mga taong ginawang tiwali ni Satanas. Ang sangkatauhan ay pagmamay-ari at naging bahagi ni Satanas nang hindi nila namamalayan; ang tao kung gayon ay mayroon nang tiwaling disposisyon ni Satanas, na siyang kalikasan ni Satanas. Mula sa lahat ng sinabi at ginawa ni Satanas, nakita mo ba ang kayabangan nito? Nakita mo ba ang panlilinlang at malisya nito? Paano pangunahing naipapakita ang kayabangan ni Satanas? Gusto ba lagi ni Satanas na sakupin ang posisyon ng Diyos? Palaging ninanais ni Satanas na wasakin ang gawain ng Diyos at ang posisyon ng Diyos at angkinin ito para sa sarili nito upang sundin, suportahan, at sambahin ng mga tao si Satanas; ito ang likas na kayabangan ni Satanas. Kapag ginagawang tiwali ni Satanas ang mga tao, direkta ba nitong sinasabi sa kanila kung ano ang dapat nilang gawin? Kapag tinutukso ni Satanas ang Diyos, lumalabas ba ito at sinasabing, “Tinutukso Kita, sasalakayin Kita”? Hinding-hindi nito talaga ginagawa ito. Kung gayon, anong pamamaraan ang ginagamit ni Satanas? Nang-aakit, nanunukso, sumasalakay, at naglalagay ito ng mga patibong, at sumisipi pa mula sa mga Kasulatan. Nagsasalita at kumikilos si Satanas sa iba’t ibang paraan upang makamit ang masasamang layunin at motibo nito. Matapos itong magawa ni Satanas, ano ang maaaring makita mula sa naipapamalas ng tao? Hindi ba’t nagiging mayabang din ang mga tao? Nagdusa na ang tao mula sa katiwalian ni Satanas sa loob ng ilang libong taon, kaya naman naging mayabang, mapanlinlang, malisyoso, at hindi na makatwiran ang tao. Ang lahat ng mga bagay na ito ay nangyari dahil sa kalikasan ni Satanas. Dahil ang kalikasan ni Satanas ay masama, nagbigay ito sa tao ng likas na kasamaan at nagdala sa tao ng masama at tiwaling disposisyon na ito. Kung gayon, namumuhay ang tao sa ilalim ng tiwali at satanikong disposisyon at, katulad ni Satanas, nilalabanan niya ang Diyos, sinasalakay ang Diyos, at tinutukso Siya, hanggang sa hindi na sumasamba sa Diyos ang tao at wala na itong puso na gumagalang sa Kanya.

Limang Paraan Kung Paano Ginagawang Tiwali ni Satanas ang Tao

Kaugnay ng kabanalan ng Diyos, kahit na ito ay isang pamilyar na paksa, ito ay paksa na maaaring maging medyo malabo para sa ilang tao at maging medyo malalim at lagpas sa kanilang pag-unawa kapag napag-usapan. Ngunit hindi kailangang mag-alala. Tutulungan Ko kayong intindihin kung ano ang kabanalan ng Diyos. Upang maunawaan kung anong uri ng tao ang isang tao, tingnan kung ano ang kanilang ginagawa at ang mga kinahihinatnan ng kanilang mga kilos, at pagkatapos ay makikita mo ang diwa ng taong iyon. Maaari bang sabihin ito sa ganitong paraan? (Oo.) Kung gayon, magbahaginan muna tayo tungkol sa kabanalan ng Diyos mula muna sa pananaw na ito. Maaaring sabihin na ang diwa ni Satanas ay masama, at kaya naman ang mga pagkilos ni Satanas tungo sa tao ay upang walang humpay silang gawing tiwali. Masama si Satanas, kaya naman ang mga tao na ginawang tiwali nito ay tiyak na masama. May magsasabi ba na, “Masama si Satanas, ngunit baka ang isang taong

nagawang tiwali nito ay banal”? Isang biro ito, hindi ba? Posible ba ang ganoong bagay? (Hindi.) Masama si Satanas, at sa loob ng kasamaan nito mayroong mahalaga at praktikal na panig. Hindi ito basta pag-uusap na walang saysay. Hindi natin sinisiraan si Satanas; nagbabahaginan lamang tayo tungkol sa katotohanan at realidad. Maaaring masaktan ng pagbabahaginang ito tungkol sa realidad ng paksang ito ang ilan o ang isang partikular na pangkat ng mga tao, ngunit walang malisyosong pakay rito; marahil maririnig ninyo ito ngayon at hindi kayo magiging masyadong komportable, ngunit darating ang panahon, kapag kaya na ninyong makilala ito, kamumuhian ninyo ang inyong mga sarili, at mararamdaman ninyo na ang Aking sinasabi ngayon ay labis na makakatulong sa inyo at napakahalaga. Ang diwa ni Satanas ay masama, kaya masasabi ba natin na ang mga resulta ng mga pagkilos ni Satanas ay hindi maiiwasang maging masama, o kahit paano ay may kaugnayan sa kasamaan nito? (Oo.) Kaya paano ginagawang tiwali ni Satanas ang tao? Sa kasamaang ginagawa ni Satanas sa mundo at sa sangkatauhan, alin bang mga tiyak na aspeto nito ang nakikita at nararamdaman ng mga tao? Naisip na ba ninyo dati ang tungkol dito? Maaaring hindi pa ninyo ito pinag-iisipan nang husto, kaya hayaan ninyo Akong talakayin ang ilang pangunahing punto. Alam naman ng lahat ang tungkol sa teorya ng ebolusyon na ipinapanukala ni Satanas, tama? Hindi ba’t isa itong larangan ng kaalaman na pinag-aaralan ng tao? (Oo.) Ginagamit muna ni Satanas ang kaalaman upang gawing tiwali ang tao, at tinuturuan sila ng kaalaman gamit ang sariling mga masasamang pamamaraan nito. Pagkatapos ay ginagamit nito ang siyensya upang gawing tiwali ang tao, pinupukaw ang kanilang interes sa kaalaman, siyensya, misteryosong mga bagay, o sa mga bagay na ninanasa ng mga tao na alamin. Ang mga kasunod na bagay na ginagamit ni Satanas upang gawing tiwali ang tao ay ang tradisyunal na kultura at pamahiin, at sunod dito, ang mga kalakaran sa lipunan. Lahat ng ito ay mga bagay na nararanasan ng mga tao sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay, at lahat ng ito ay may malapit na kaugnayan sa mga tao; nakaugnay silang lahat sa mga bagay na kanilang nakikita, kanilang naririnig, kanilang nahahawakan at kanilang nararanasan. Maaaring sabihin na nabubuhay ang bawat isang tao na napalilibutan ng mga bagay na ito, na hindi nagagawang matakasan o makalaya mula sa mga ito kahit na ninanais nila. Sa harap ng mga bagay na ito, walang magawa ang sangkatauhan, at ang tanging magagawa ng tao ay magpaimpluwensiya, magpahawa, magpakontrol, at magpagapos sa mga bagay na ito; walang kapangyarihan ang tao na makalaya mula sa sa mga ito.

a. Paano Ginagamit ni Satanas ang Kaalaman Upang Gawing Tiwali ang Tao

Una, pag-uusapan natin ang tungkol sa kaalaman. Ang kaalaman ba ay itinuturing ng lahat na isang positibong bagay? Kahit paano, iniisip ng mga tao na ang salitang “kaalaman” ay nagpapahiwatig ng positibo kaysa negatibo. Kaya bakit natin binabanggit dito na gumagamit si Satanas ng kaalaman upang gawing tiwali ang tao? Ang teorya ng

ebolusyon ba ay isang aspeto ng kaalaman? Hindi ba't ang mga batas ng siyensya ni Newton ay bahagi ng kaalaman? Ang paghila ng grabidad ng daigdig ay bahagi ng kaalaman, hindi ba? (Oo.) Kung gayon, bakit inililista ang kaalaman na kasama sa mga bagay na ginagamit ni Satanas upang gawing tiwali ang sangkatauhan? Ano ang pananaw ninyo dito? Mayroon bang kahit katiting na katotohanan sa kaalaman? (Wala.) Kung gayon, ano ang diwa ng kaalaman? Sa anong basehan natututuhan ng tao ang lahat ng kaalamang kanyang napag-aaralan? Ito ba ay batay sa teorya ng ebolusyon? Hindi ba't nakabatay sa ateismo ang kaalaman na natamo ng tao sa pamamagitan ng pagsisiyasat at pagbubuod? Mayroon bang kaugnayan sa Diyos ang alinman sa kaalamang ito? May kaugnayan ba ito sa pagsamba sa Diyos? Ito ba ay konektado sa katotohanan? (Hindi.) Kung gayon, paano ginagamit ni Satanas ang kaalaman upang gawing tiwali ang tao? Kasasabi Ko lang na walang anuman sa kaalamang ito ang kaugnay ng pagsamba sa Diyos o katotohanan. Ganito ito iniisip ng ilang tao: "Maaaring walang kinalaman sa katotohanan ang kaalaman, ngunit hindi pa rin nito ginagawang tiwali ang mga tao." Ano ang inyong pananaw rito? Tinuruan ka ba ng kaalaman na ang kaligayahan ng tao ay nakadepende sa malilikha gamit ang kanyang sariling mga kamay? Tinuruan ka ba ng kaalaman na ang kapalaran ng tao ay nasa kanyang sariling mga kamay? (Oo.) Anong uri ng pagsasalita ito? (Ito ay mala-diyablong pagsasalita.) Tumpak na tumpak! Ito ay mala-diyablong pagsasalita! Kumplikadong paksa ang kaalaman kung tatalakayin. Maaari mong ipalagay na ang isang larangan ng kaalaman ay walang iba kundi kaalaman lamang. Iyon ay isang larangan ng kaalaman na natututuhan batay sa hindi pagsamba sa Diyos at kakulangan ng pagkaunawa na nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay. Kapag pinag-aaralan ng mga tao ang ganitong uri ng kaalaman, hindi nila nakikita ang pagkakaroon ng Diyos ng kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay; hindi nila nakikita ang Diyos na namumuno o namamahala sa lahat ng bagay. Sa halip, ang tangi nilang ginagawa ay walang humpay na pananaliksik at pagsisiyasat sa larangang iyon ng kaalaman, at paghahanap ng mga kasagutan batay sa kaalaman. Gayunpaman, hindi ba't kung hindi naniniwala ang mga tao sa Diyos at sa halip ay nagpapatuloy lamang sa pananaliksik, hindi sila kailanman makakahanap ng mga totoong kasagutan? Ang tanging maibibigay sa iyo ng kaalaman ay kabuhayan, trabaho, at kita upang hindi ka magutom; ngunit hindi ka nito kailanman pasasambahin sa Diyos, at hindi ka nito kailanman ilalayo sa kasamaan. Habang lalong pinag-aaralan ng mga tao ang kaalaman, lalo nilang nanaising magrebelde sa Diyos, upang isailalim ang Diyos sa kanilang pagsasaliksik, upang tuksuhin ang Diyos, at kalabanin ang Diyos. Kaya ngayon, ano ang ating nakikita na itinuturo ng kaalaman sa mga tao? Ang lahat ng ito ay pilosopiya ni Satanas. Mayroon bang kaugnayan sa katotohanan ang mga pilosopiya at mga panuntunan para patuloy na mabuhay na ikinakalat ni Satanas sa mga tiwaling tao? Walang kinalaman ang mga ito sa katotohanan at, sa katunayan, ito ay mga kabaligtaran ng katotohanan. Madalas sinasabi ng mga tao na "Ang buhay ay paggalaw" at "Ang tao ay bakal, ang kanin ay bakal, ang tao ay nakakaramdam ng

pagkagutom kapag lumalaktaw siya ng pagkain”; ano ang mga kasabihang ito? Ang mga ito ay kasinungalingan, at nakakainis na marinig ang mga ito. Sa tinaguriang kaalaman ng tao, nagpakalat si Satanas ng marami-raming pilosopiya nito sa pamumuhay at sa pag-iisip. At habang ginagawa ito ni Satanas, pinahihintulutan nito ang tao na tanggapin ang pag-iisip, pilosopiya, at pananaw nito upang maaaring itanggi ng tao na mayroong Diyos, itanggi ang kapamahalaan ng Diyos sa lahat ng bagay at sa kapalaran ng tao. Kaya’t habang sumusulong ang pag-aaral ng tao at nagtatamo siya ng mas maraming kaalaman, nararamdaman niyang malabong mayroong Diyos at maaari pang hindi na niya maramdaman na mayroong Diyos. Dahil naikintal ni Satanas ang ilang kaisipan, pananaw, at haka-haka sa tao, kapag naikintal ni Satanas ang lason na ito sa kalooban ng tao, hindi ba niloko at ginawang tiwali ni Satanas ang tao? Kung gayo’y saan sa palagay mo naaayon ang pamumuhay ng tao? Hindi ba sila namumuhay ayon sa kaalaman at mga kaisipang ikinintal ni Satanas? At ang mga bagay na nakatago sa loob ng kaalaman at mga kaisipang ito—hindi ba mga pilosopiya at lason ni Satanas ang mga ito? Ang tao ay namumuhay ayon sa mga pilosopiya at lason ni Satanas. At ano ang nasa kaibuturan ng pagtitiwali ni Satanas sa tao? Nais ni Satanas na hikayatin ang tao na itatwa, salungatin, at labanan ang Diyos na tulad ng ginagawa nito; ito ang layunin ni Satanas sa pagtitiwali sa tao, at ito rin ang paraan ng pagtitiwali ni Satanas sa tao.

Pag-uusapan muna natin ang pinakamababaw na aspeto ng kaalaman. Nagagawa bang tiwali ng gramatika at mga salita sa mga wika ang mga tao? Magagawa bang tiwali ng mga salita ang mga tao? Hindi ginagawang tiwali ng mga salita ang mga tao; ang mga ito ay kasangkapan na ginagamit ng mga tao upang magsalita at kasangkapan din ang mga ito na ginagamit ng mga tao upang makipag-ugnayan sa Diyos, dagdag pa rito na sa kasalukuyan, ang wika at mga salita ay paraan kung paano nakikipag-ugnayan ang Diyos sa mga tao. Ang mga ito ay kasangkapan, at ang mga ito ay pangangailangan. Ang isa kapag dinagdagan ng isa ay dalawa, at ang dalawa kapag minultiplika sa dalawa ay katumbas ng apat; hindi ba ito kaalaman? Ngunit maaari ka ba nitong gawing tiwali? Ito ay kaalamang alam ng marami—ito ay permanenteng tularan—kaya’t hindi nito kayang gawing tiwali ang mga tao. Kung gayon, anong uri ng kaalaman ang gumagawang tiwali sa mga tao? Ang kaalaman na nakakapagpatiwali ay iyong nahaluan ng mga pananaw at kaisipan ni Satanas. Sinisikap ni Satanas na ilagay ang mga pananaw at kaisipang ito sa sangkatauhan sa pamamagitan ng kaalaman. Halimbawa, sa isang artikulo, walang mali sa nakasulat na mga salita. Ang problema ay nasa mga pananaw at layon ng may-akda noong isinulat niya ang artikulo, pati na rin sa nilalaman ng kanyang mga kaisipan. Ang mga ito ay espirituwal na mga bagay at kayang gawing tiwali ang mga tao. Halimbawa, kung nanonood ka ng palabas sa telebisyon, anong mga bagay rito ang kayang makapagpabago ng pananaw ng mga tao? Lyon bang sinabi ng mga nagtanghal, ang mismong mga salita, ay magagawang tiwali ang mga tao? (Hindi.) Anong mga bagay ang magagawang tiwali ang mga tao? Lyon ay ang mga kaibuturang kaisipan at nilalaman ng palabas, na kumakatawan sa mga pananaw ng direktor. Ang

impormasyong taglay ng mga pananaw na ito ay kayang baguhin ang mga puso at isip ng mga tao. Hindi ba ganoon iyon? Ngayon ay alam na ninyo kung ano ang Aking tinutukoy sa Aking pagtalakay ng paggamit ni Satanas ng kaalaman upang gawing tiwali ang mga tao. Hindi kayo magkakamali ng pagkaunawa, hindi ba? Kaya sa susunod na magbasa ka ng isang nobela o isang artikulo, magagawa mo bang suriin kung ang mga kaisipang ipinahayag sa nakasulat na mga salita ay ginagawang tiwali ang sangkatauhan o nag-aambag sa sangkatauhan? (Oo, bahagya.) Ito ay isang bagay na kailangang pag-aralan at maranasan nang dahan-dahan, hindi ito bagay na madaling maunawaan kaagad. Halimbawa, kapag nagsasaliksik o pinag-aaralan ang isang larangan ng kaalaman, ang ilang positibong aspeto ng kaalamang iyon ay maaari kang tulungang maintindihan ang ilang pangkalahatang kaalaman tungkol sa larangang iyon, habang tinutulutan ka ring malaman kung ano ang dapat iwasan ng mga tao. Halimbawa, tingnan natin ang “kuryente”—ito ay isang larangan ng kaalaman, hindi ba? Hindi ka ba mangmang kung hindi mo alam na makukuryente at masasaktan ng elektrisidad ang mga tao? Ngunit kapag naunawaan mo na ang larangang ito ng kaalaman, hindi ka na magiging walang-ingat sa paghawak ng anumang bagay na may kuryente, at malalaman mo na kung paano gumamit ng kuryente. Ang mga ito ay parehong positibong mga bagay. Nalinawan ka na ba tungkol sa ating tinatalakay kung paanong ginagawang tiwali ng kaalaman ang mga tao? Maraming uri ng kaalaman ang pinag-aaralan sa mundo, at dapat kayong gumugol ng oras upang makita ninyo mismo ang pagkakaiba ng mga ito.

b. Paano Ginagamit ni Satanas ang Siyensya Upang Gawing Tiwali ang Tao

Ano ang siyensya? Hindi ba’t mataas at malalim ang turing ng lahat ng tao sa siyensya? Kapag nababanggit ang siyensya, hindi ba’t nararamdaman ng mga tao na: “Ito ay isang bagay na hindi maaabot ng mga karaniwang tao; ito ay isang paksang tanging mga siyentipikong mananaliksik o mga eksperto lamang ang makatatalakay; wala itong anumang kinalaman sa ating mga karaniwang tao”? Mayroon ba itong kaugnayan sa mga karaniwang tao? (Mayroon.) Paano ginagamit ni Satanas ang siyensya upang gawing tiwali ang mga tao? Sa ating pagtalakay rito, pag-uusapan lamang natin ang mga bagay na madalas makaharap ng mga tao sa kanilang sariling mga buhay, at isasantabi ang ibang mga bagay. Mayroong salitang “genes.” Narinig na ba ninyo ang tungkol dito? Pamilyar na kayong lahat sa terminong ito. Hindi ba’t natuklasan ang genes sa pamamagitan ng siyensya? Ano ba talaga ang kahalagahan ng genes sa mga tao? Hindi ba nito ipinaparamdam sa mga tao na ang katawan ay isang misteryosong bagay? Kapag ang mga tao ay ipinakilala sa paksang ito, hindi ba magkakaroon ng ilang tao—lalo na iyong mga mausisa—na magnanais na makaalam ng iba pa at ng karagdagan pang mga detalye? Itutuon ng mauusisang taong ito ang kanilang lakas sa paksang ito at kapag wala silang ibang ginagawa, maghahanap sila ng mga impormasyon mula sa mga aklat at mula sa internet upang matuto ng mas marami pang detalye ukol

dito. Ano ang siyensya? Sa madaling sabi, ang siyensya ay ang mga kaisipan at mga teorya ng mga bagay na inuusisa ng tao, mga bagay na lingid sa kaalaman, at hindi sinabi sa kanila ng Diyos; ang siyensya ay ang mga kaisipan at mga teorya ng mga misteryo na nais siyasatin ng tao. Ano ang sakop ng siyensya? Maaari mong sabihin na malawak ito; sinasaliksik at pinag-aaralan ng tao ang lahat ng bagay na interesado siya. Kinapapalooban ang siyensya ng pananaliksik ng mga detalye at mga batas ng mga bagay na ito at ng pagpapalabas ng mga kapani-paniwalang teoryang nagsasanhi upang mag-isip ang lahat ng: “Ang mga siyentipikong ito ay talagang nakamamangha! Napakarami nilang alam, sapat na upang maunawaan ang mga bagay na ito!” Labis ang paghanga nila sa mga siyentipiko, hindi ba? Ano ang mga pananaw na tinataglay ng mga taong nagsasaliksik tungkol sa siyensya? Hindi ba’t nais nilang saliksikin ang tungkol sa sansinukob, saliksikin ang mga misteryosong bagay sa larangan na kinawiwilihan nila? Ano ang kalalabasan nito sa huli? Sa ilang larangan ng siyensya, binubuo ng mga tao ang kanilang mga konklusyon sa pamamagitan ng haka-haka, at sa iba naman ay umaasa sila sa karanasan ng tao para makabuo ng mga konklusyon. Sa iba pang larangan ng siyensya, humahantong sa kanilang mga konklusyon ang mga taong ito batay sa obserbasyong pangkasaysayan at pangkapaligiran. Hindi ba tama ito? Kaya ano ang nagagawa ng siyensya para sa mga tao? Ang nagagawa lamang ng siyensya ay pahintulutan ang mga tao na makita ang mga bagay sa pisikal na mundo, at bigyang-kasiyahan ang pagkamausisa ng tao, ngunit hindi nito mabibigyan ng kakayahan ang tao na makita ang mga batas kung saan ay may kapamahalaan ang Diyos sa lahat ng bagay. Tila nakakahanap ang tao ng mga kasagutan mula sa siyensya, ngunit ang mga kasagutang iyon ay nakalilito at nagdadala lamang ng panandaliang kasiyahan, kasiyahan na nagkukulong lamang sa puso ng tao sa pisikal na mundo. Nararamdaman ng tao na nakakuha sila ng mga kasagutan mula sa siyensya, kaya naman anumang usapin ang lumitaw, ginagamit nila ang kanilang mga siyentipikong pananaw para patunayan o tanggapin ang isyung iyon. Naaakit ng siyensya ang puso ng tao at ito ay naaangkin nito hanggang sa hindi na iniintindi ng tao na makilala ang Diyos, sambahin ang Diyos, at paniwalaan na ang lahat ng bagay ay nanggagaling sa Diyos at dapat na sa Kanya maghanap ang tao ng mga kasagutan. Hindi ba ito totoo? Habang lalong naniniwala ang isang tao sa siyensya, mas lalo silang nagiging kakatwa, naniniwalang ang lahat ay may siyentipikong solusyon, na lahat ay kayang lutasin ng pananaliksik. Hindi nila hinahanap ang Diyos at hindi sila naniniwala na mayroong Diyos. Maraming matagal nang mananampalataya sa Diyos na gagamit ng computer, kapag naharap sa anumang problema, para maghanap at magsaliksik para sa mga sagot; naniniwala lamang sila sa siyentipikong kaalaman. Hindi sila naniniwala na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan, hindi sila naniniwala na malulutas ng mga salita ng Diyos ang lahat ng problema ng sangkatauhan, hindi nila tinitingnan ang napakaraming problema ng sangkatauhan mula sa pananaw ng katotohanan. Anumang problema ang kanilang nakakaharap, hindi sila nagdarasal sa Diyos kailanman o naghahanap ng

solusyon sa pamamagitan ng pagsasaliksik sa katotohanan sa mga salita ng Diyos. Sa maraming bagay, mas gusto nilang maniwala na kaalaman ang makakalutas sa problema; para sa kanila, ang siyensya ang huling sagot. Ganap na wala ang Diyos sa puso ng gayong mga tao. Wala silang pananampalataya, at ang kanilang mga pananaw tungkol sa paniniwala sa Diyos ay hindi naiiba sa maraming kilalang guro at siyentipiko, na laging sumusubok na suriin ang Diyos gamit ang mga pamamaraan ng siyensya. Halimbawa, maraming eksperto sa relihiyon ang nakapunta na sa bundok kung saan napadpad ang arko, at sa gayon ay napatunayan nila na mayroon ngang arko. Ngunit hindi nila nakikita na mayroong Diyos sa paglitaw ng arko. Naniniwala lamang sila sa mga kuwento at sa kasaysayan; ito ang resulta ng kanilang siyentipikong pananaliksik at pag-aaral ng pisikal na mundo. Kung nagsasaliksik ka sa mga materyal na bagay, maging ito man ay mikrobiyolohiya, astronomiya, o heograpiya, hindi mo kailanman mahahanap ang isang resulta na nagsasabing umiiral ang Diyos o na mayroon Siyang kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay. Kung gayon, ano ang ginagawa ng siyensya para sa tao? Hindi ba nito inilalayo ang tao mula sa Diyos? Hindi ba ito nagsasanhi sa mga tao na isailalim sa pag-aaral ang Diyos? Hindi ba nito mas pinagdududa ang mga tao sa kairalan at kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, at sa gayon ay itinatatwa at pinagtataksilan ang Diyos? Ito ang kinahinatnan. Kaya kapag ginagamit ni Satanas ang siyensya upang gawing tiwali ang tao, anong layunin ang sinisikap na makamit ni Satanas? Gusto nitong gamitin ang mga konklusyong siyentipiko upang linlangin at gawing manhid ang mga tao, at gamitin ang mga hindi tiyak na kasagutan upang mahawakan ang puso ng mga tao para hindi na sila maghanap pa o maniwala na mayroong Diyos. Ito ang dahilan kaya natin sinasabi na ang siyensya ay isa sa mga paraan na ginagawang tiwali ni Satanas ang mga tao.

c. Paano Ginagamit ni Satanas ang Tradisyunal na Kultura Upang Gawing Tiwali ang Tao

Marami ba o hindi ang mga bagay na itinuturing na bahagi ng tradisyunal na kultura? (Marami.) Ano ang kahulugan ng “tradisyunal na kulturang” ito? Sinasabi ng ilan na ito ay ipinamana ng mga ninuno—ito ay isang aspeto. Mula sa simula, ang mga pamamaraan ng pamumuhay, mga kaugalian, mga kasabihan, at mga alituntunin ay naipamana sa loob ng mga pamilya, mga katutubong grupo at maging sa buong sangkatauhan, at naitanim na sa kaisipan ng mga tao ang mga ito. Itinuturing ng mga tao na hindi maaaring mawala sa kanilang buhay ang mga ito at itinuturing nila ang mga ito bilang mga alituntunin, sinusunod na para bang ang mga ito ay ang buhay mismo. Sa katunayan, ayaw pa nga nilang baguhin o pabayaang ang mga bagay na ito, dahil ipinamana ang mga ito ng kanilang mga ninuno. Mayroong iba pang mga aspeto ng tradisyunal na kultura na nakatanim sa kabuto-butuhan ng mga tao, kagaya ng mga bagay na ipinamana nina Confucius at Mencius, at ang mga bagay na itinuro sa mga tao ng Taoismo at Confucianismo. Hindi ba ganoon iyon? Ano ang mga bagay na kabilang sa

tradisyunal na kultura? Kasama ba rito ang mga kapistahan na ipinagdiriwang ng mga tao? Halimbawa: ang Pagdiriwang ng Tagsibol, ang Kapistahan ng mga Parol, Araw ng Paglilinis ng Puntod, ang Pista ng Bangkang Dragon, gayundin ang Kapistahan ng mga Multo at Pagdiriwang ng Kalagitnaan ng Taglagas. Ang ilang pamilya ay nagdiriwang pa nga kapag ang mga nakatatanda ay umabot sa isang partikular na edad, o kapag ang mga bata ay nakaabot na ng isang buwan o isang daang araw na gulang. At marami pa. Ang lahat ng ito ay tradisyunal na mga kapistahan. Wala bang tradisyunal na kulturang pinagbabatayan ang mga kapistahang ito? Ano ang kaibuturan ng tradisyunal na kultura? Mayroon ba itong anumang kaugnayan sa pagsamba sa Diyos? Mayroon ba itong anumang kinalaman sa pagsasabi sa mga tao na isagawa ang katotohanan? Mayroon bang anumang mga kapistahan para sa mga tao upang mag-alay ng sakripisyo sa Diyos, magtungo sa altar ng Diyos at tanggapin ang Kanyang mga turo? Mayroon bang ganitong mga kapistahan? (Wala.) Ano ang ginagawa ng mga tao sa lahat ng kapistahang ito? Sa modernong panahon, ang mga ito ay itinuturing na mga okasyon para sa pagkain, pag-inom, at pagsasaya. Ano ang pinagmumulan ng pinagbabatayan ng tradisyunal na kultura? Kanino nanggaling ang tradisyunal na kultura? Ito ay mula kay Satanas. Sa likod ng mga tradisyunal na kapistahang ito, itinatanim ni Satanas ang ilang bagay-bagay sa tao. Ano ang mga bagay na ito? Ang pagtitiyak na natatandaan ng mga tao ang kanilang mga ninuno—ito ba ay isa sa mga ito? Halimbawa, sa Araw ng Paglilinis ng Puntod, naglilinis ang mga tao ng mga nitso at nag-aalay ng mga sakripisyo sa kanilang mga ninuno, upang hindi nila malimutan ang kanilang mga ninuno. Dagdag pa rito, sinisiguro ni Satanas na naaalala ng mga tao na maging makabayan, halimbawa na ang Pista ng Bangkang Dragon. Ano naman ang sa Pagdiriwang ng Kalagitnaan ng Taglagas? (Mga muling pagsasama-sama ng pamilya.) Ano ang mga pangyayari sa likod ng mga pagsasama-sama ng pamilya? Ano ang dahilan nito? Ito ay upang makipag-usap at emosyonal na makipag-ugnayan. Siyempre, maging ito man ay pagdiriwang ng Bagong Taon ng mga Tsino o ng Kapistahan ng mga Parol, maraming paraan ng paglalarawan ng mga dahilan sa likod ng mga pagdiriwang na ito. Paano man inilalarawan ng isang tao ang mga dahilan na iyon, ang bawat isa ay paraan ni Satanas ng pagtatanim ng pilosopiya at pag-iisip nito sa mga tao, upang lumayo sila sa Diyos at hindi na malaman na mayroong Diyos, at mag-alay sila ng mga sakripisyo sa kanilang mga ninuno o kay Satanas, o kumain, uminom, at magsaya para sa kapakanan ng pagnanasa ng laman. Habang ipinagdiriwang ang bawat isa sa mga kapistahang ito, ang mga kaisipan at pananaw ni Satanas ay natatanim nang malalim sa isip ng mga tao nang hindi nila nalalaman. Kapag umabot ang mga tao sa mga edad na apatnapu, limampu o higit pa, ang mga kaisipan at pananaw na ito ni Satanas ay nakaugat na nang malalim sa kanilang mga puso. Higit pa rito, ginagawa ng mga tao ang lahat ng magagawa nila upang maibahagi ang mga ideyang ito, tama man ito o mali, papunta sa susunod na henerasyon nang walang pasubali, nang walang pag-aatubili. Hindi ba ganoon iyon? (Oo.) Paano ginagawang tiwali ang mga tao ng tradisyunal na kultura at

ng mga kapistahang ito? Alam ba ninyo? (Napipigilan ang mga tao at natatali ng mga alituntunin ng mga tradisyong ito hanggang wala na silang oras o lakas na hanapin ang Diyos.) Ito ay isang aspeto. Halimbawa, nagdiriwang ang lahat sa Bagong Taon ng mga Tsino—kung hindi mo ito ipinagdiwang, hindi ba’t malulungkot ka? Mayroon bang mga pamahiin na pinanghahawakan mo sa iyong puso? Maaari bang nararamdaman mong, “Hindi ako nagdiwang ng Bagong Taon, at dahil ang Bagong Taon ng mga Tsino ay hindi kanais-nais na araw para sa akin, hindi ba’t ang buong taon na ito ay hindi rin magiging maganda”? Hindi ba’t hindi ka mapapalagay at medyo matatakot? Mayroon pa ngang ilang tao na hindi nakagawa ng mga sakripisyo sa kanilang mga ninuno sa loob ng ilang taon at bigla silang nagkaroon ng panaginip kung saan ang isang namatay nang tao ay humihingi sa kanila ng salapi. Ano ang mararamdaman nila? “Nakakalungkot na ang namayapang taong ito ay nangangailangan ng salapi para gastusin! Magsusunog ako ng pera ng espiritu para sa kanya. Kapag hindi ko ginawa ito, hindi iyon magiging tama. Maaaring magdulot ito ng kaguluhan para sa ating nabubuhay—sino ang makapagsasabi kung kailan aatake ang kamalasan?” Palagi silang magkakaroon ng ganitong maliit na ulap ng takot at pangamba sa kanilang mga puso. Sino ang nagbibigay sa kanila ng pangambang ito? Si Satanas ang pinagmumulan ng pag-aalalang ito. Hindi ba ito ang isa sa mga paraan na ginagawang tiwali ni Satanas ang tao? Gumagamit ito ng iba’t ibang pamamaraan at pagdadahilan upang kontrolin ka, takutin ka, at igapos ka, nang sa gayon ay mahulog ka sa kalituhan at sumuko at magpasakop dito; ganito ginagawang tiwali ni Satanas ang tao. Kadalasan, kapag ang mga tao ay mahina o kapag wala silang lubos na kamalayan sa sitwasyon, maaari silang gumawa ng isang bagay nang hindi sinasadya sa paraang naguguluhan ang isip; ibig sabihin, hindi sinasadyang nahuhulog sila sa galamay ni Satanas at maaari silang kumilos nang hindi nila namamalayan, maaaring gumawa ng mga bagay nang hindi nila alam kung ano ang kanilang ginagawa. Ito ang paraan na ginagawang tiwali ni Satanas ang mga tao. Mayroon pa ngang marami-raming tao ngayon na nag-aatubiling humiwalay sa malalim na naka-ugat nang tradisyunal na kultura, na sadyang hindi kayang isuko ito. Kapag sila ay nanghihina at walang kibo ay mas lalo nilang nais na ipagdiwang ang ganitong mga uri ng kapistahan at nais nilang makatagpo si Satanas at pasayahing muli si Satanas, upang aliwin ang kanilang mga puso. Ano ang mga pangyayaring nasa likod ng tradisyunal na kultura? Ang itim na kamay ba ni Satanas ang kumokontrol ng mga ito nang palihim? Ang likas bang kasamaan ni Satanas ay mapagmanipula at mapagkontrol? May impluwensiya ba si Satanas sa lahat ng ito? (Oo.) Kapag namumuhay ang mga tao sa isang tradisyunal na kultura at nagdiriwang ng ganitong mga uri ng tradisyunal na kapistahan, maaari ba nating sabihin na ito ay isang kapaligiran kung saan sila ay nililinlang at ginagawang tiwali ni Satanas, at dagdag pa rito, na sila ay masaya na malinlang at magawang tiwali ni Satanas? (Oo.) Ito ay isang bagay na kinikilala ninyong lahat, isang bagay na alam ninyo.

d. Paano Gumagamit si Satanas ng Pamahiin Upang Gawing Tiwali ang Tao

Pamilyar kayo sa terminong “pamahiin,” tama? Mayroong ilang kaugnayan sa pagitan ng pamahiin at ng tradisyunal na kultura, ngunit hindi natin pag-uusapan ang tungkol doon ngayon. Sa halip, Aking tatalakayin ang pinakakaraniwang mga anyo ng pamahiin: panghuhula, pagbabasa ng kapalaran, pagsusunog ng insenso, at pagsamba kay Buddha. Ang ilang tao ay nagsasagawa ng panghuhula, ang iba ay sumasamba kay Buddha at nagsusunog ng insenso, habang ang iba ay nagpapabasa ng kanilang mga kapalaran o ipinapabasa sa isang tao ang mga katangian ng kanilang mukha para malaman ang kanilang mga kapalaran. Ilan sa inyo ang nagpabasa na ng inyong mga kapalaran o nagpabasa ng mukha? Ito ay isang bagay na maraming tao ang interesado, hindi ba? (Oo.) Bakit? Anong uri ng benepisyong nakukuha ng mga tao mula sa pagpapabasa ng kapalaran at pagpapahula? Anong uri ng kasiyahan ang kanilang nakukuha mula rito? (Pagkamausisa.) Ito ba ay pagkamausisa lamang? Sa nakikita Ko ay hindi kinakailangang ito lamang. Ano ang layon ng panghuhula at pagbabasa ng kapalaran? Bakit ito ginagawa? Hindi ba ito ay upang makita ang hinaharap? Ang ilang tao ay ipinapabasa ang kanilang mukha upang hulaan ang hinaharap, ang iba ay ginagawa ito upang makita kung magkakaroon sila ng magandang kapalaran o hindi. Ang ilang tao ay ginagawa ito upang makita kung anong uri ng pag-aasawa ang magkakaroon sila, at ang iba pa nga ay ginagawa ito upang makita kung anong suwerte ang dadalhin ng kasunod na taon. Ang ilang tao ay ipinapabasa ang kanilang mukha upang makita kung ano ang magiging hinaharap nila at ng kanilang mga anak, at ang ilang negosyante ay ginagawa ito upang makita kung gaano karaming pera ang kanilang kikitain, na hinahangad ang gabay ng mga nagbabasa ng mukha sa kung ano ang kanilang dapat gawin. Ito ba ay ginagawa lamang upang bigyang-kasiyahan ang pagkamausisa? Kapag ipinapabasa ng mga tao ang kanilang mukha o gumagawa ng ganitong uri ng mga bagay, ito ay para sa kanilang pansariling kapakanan sa hinaharap; naniniwala sila na lahat ng ito ay may malapit na kaugnayan sa kanilang sariling kapalaran. Kapaki-pakinabang ba ang alinman sa mga ito? (Hindi.) Bakit hindi ito kapaki-pakinabang? Hindi ba magandang bagay na magtamo ng ilang kaalaman sa pamamagitan ng mga bagay na ito? Maaari kang tulungan ng mga kaugaliang ito na malaman kung kailan maaaring magkaroon ng kaguluhan, at kapag nalaman mo ang tungkol sa mga kaguluhang ito bago mangyari ang mga ito, hindi ba’t maaari mong iwasan ang mga ito? Kung magpapahula ka, maaaring ipakita nito sa iyo kung paano mahanap ang tamang daan palabas sa kalituhan, upang maaari mong matamasa ang suwerte sa susunod na taon at magkamit ng malaking kayamanan sa pagpapatakbo ng negosyo mo. Nakakatulong ba iyon o hindi? Nakakatulong man iyon o hindi ay walang kaugnayan sa atin, at hindi kasama sa ating pagbabahaginan ngayon ang paksang ito. Paano gumagamit si Satanas ng pamahiin upang gawing tiwali ang tao? Nais ng lahat

ng tao na malaman ang kanilang kapalaran, kaya't sinasamantala ni Satanang ang kanilang pagkamausisa upang akitin sila. Ang mga tao ay nagpapahula, nagpapabasa ng kapalaran, at nagpapabasa ng mukha upang malaman nila kung ano ang mangyayari sa kanila sa hinaharap at kung ano ang hitsura ng daan paroon. Ngunit sa huli, nasa kaninong mga kamay ang kapalaran at hinaharap na labis na inaalala ng mga tao? (Sa mga kamay ng Diyos.) Ang lahat ng bagay na ito ay nasa mga kamay ng Diyos. Sa paggamit ng mga pamamaraang ito, ano ang gusto ni Satanang na ipabatid sa mga tao? Nais ni Satanang na gamitin ang pagbabasa ng mukha at pagbabasa ng kapalaran upang sabihin sa mga tao na alam nito ang kanilang kapalaran sa hinaharap, at hindi lang nito alam ang mga ganitong bagay kundi ay kontrolado rin ang mga ito. Gustong samantalain ni Satanang ang oportunidad na ito at gamitin ang mga pamamaraang ito upang kontrolin ang mga tao, kaya ang mga tao ay naglalagay ng bulag na paniniwala rito at sinusunod ang bawat salita nito. Halimbawa, kung nagpabasa ka ng iyong mukha, kung ipinikit ng manghuhula ang kanyang mga mata at sasabihin sa iyo ang lahat ng nangyari sa iyo sa nakalipas na huling ilang dekada nang may perpektong kalinawan, ano ang mararamdaman mo sa iyong kalooban? Agad mong mararamdaman na, “Tumpak na tumpak siya! Hindi ko kailanman ipinagsabi ang aking nakaraan sa kahit kanino, paano niya nalaman ang tungkol dito? Talagang hinahangaan ko ang manghuhulang ito!” Para kay Satanang, hindi ba napakadaling malaman ang iyong nakaraan? Inakay ka ng Diyos kung nasaan ka ngayon, at sa buong panahon na iyon ay ginagawang tiwali ni Satanang ang mga tao at sinusundan ka. Ang paglipas ng mga dekada ng iyong buhay ay wala lang kay Satanang at hindi mahirap para kay Satanang na malaman ang mga bagay na ito. Kapag nalaman mo na ang lahat ng sinasabi ni Satanang ay tumpak, hindi mo ba ibinibigay ang puso mo rito? Hindi ka ba umaasa na pamamahalaan nito ang iyong kinabukasan at kapalaran? Sa isang iglap, ang iyong puso ay makakaramdam ng kaunting respeto o paggalang dito, at para sa ilang tao, ang kanilang mga kaluluwa ay maaaring naagaw na nito sa puntong ito. At iyong tatanungin kaagad ang manghuhula: “Ano ang sunod na dapat kong gawin? Ano ang dapat kong iwasan sa susunod na taon? Anong mga bagay ang hindi ko dapat gawin?” At pagkatapos, sasabihin niya, “Hindi ka dapat pumunta roon, hindi mo dapat gawin ito, huwag magsuot ng mga damit na may isang partikular na kulay, dapat bawasan mo ang pagpunta sa mga partikular na lugar, dapat mong gawin nang mas madalas ang ilang bagay....” Hindi mo ba kaagad isasapuso ang lahat ng kanyang sinasabi? Makakabisa mo ang kanyang mga salita nang mas mabilis kaysa sa salita ng Diyos. Bakit mo makakabisa ang mga ito nang mabilis? Dahil gusto mo na umasa kay Satanang para sa suwerte. Hindi ba ito ang sandaling sinusunggaban nito ang iyong puso? Kapag sunud-sunod na nagkakatatotoo ang mga hula nito, hindi mo ba gugustuhing bumalik dito upang malaman kung anong suwerte ang dadalhin ng susunod na taon? (Oo.) Gagawin mo ang kahit anong sabihin ni Satanang na gawin mo at iiwasan mo ang mga sinasabi nitong iwasan mo. Sa ganitong paraan, hindi mo ba sinusunod ang lahat ng sinasabi nito?

Napakabilis mong mahuhulog sa yakap nito, malilinlang, at mapapasailalim sa kontrol nito. Nangyayari ito dahil pinaniniwalaan mo na totoo ang mga sinasabi nito at dahil pinaniniwalaan mong alam nito ang tungkol sa iyong mga dating buhay, ang iyong buhay sa kasalukuyan, at kung ano ang magiging hinaharap. Ito ang pamamaraang ginagamit ni Satanas upang makontrol ang mga tao. Ngunit sa realidad, sino ang tunay na mayroong kontrol? Ang Diyos Mismo ang may kontrol, hindi si Satanas. Gumagamit lamang si Satanas ng mga matalinong pandaraya sa pagkakataong ito upang linlangin ang mga ignoranteng tao, linlangin ang mga tao na nakikita lamang ang pisikal na mundo, na maniwala at umasa rito. Pagkatapos nahuhulog sila sa galamay ni Satanas at sinusunod ang bawat salita nito. Ngunit niluluwagan ba ni Satanas ang hawak nito kapag gusto ng mga tao na maniwala at sumunod sa Diyos? Hindi. Sa ganitong sitwasyon, ang mga tao ba ay talagang nahuhulog sa galamay ni Satanas? (Oo.) Maaari ba nating sabihin na ang pag-uugali ni Satanas sa bagay na ito ay walang kahihiyan? (Oo.) Bakit natin masasabi iyon? Dahil ang mga ito ay huwad at mapanlinlang na mga taktika. Walang kahihiyan si Satanas at nililigaw nito ang mga tao sa pag-iisip na ito ang kumokontrol ng lahat ng tungkol sa kanila at na kontrolado nito ang kanilang mismong kapalaran. Dahil dito ang mga taong mangmang ay lubusang sumusunod dito. Naloloko sila sa ilang salita lamang. Sa kanilang pagkalito, yumuyuko ang mga tao sa harap nito. Kung gayon, anong uri ng mga pamamaraan ang ginagamit ni Satanas, ano ang sinasabi nito upang mahimok ka na maniwala rito? Halimbawa, maaaring hindi mo nasabi kay Satanas kung ilan ang miyembro ng iyong pamilya, ngunit maaari pa rin nitong masabi sa iyo kung ilan sila, pati ang mga edad ng iyong mga magulang at mga anak. Bagama't maaaring nagkaroon ka ng mga hinala at pagdududa kay Satanas bago ito, hindi mo ba mararamdaman na ito ay medyo kapani-paniwala matapos marinig itong sinasabi ang mga bagay na ito? Pagkatapos ay maaaring sabihin ni Satanas kung gaano ka nahihirapan sa trabaho mo kamakailan, na ang iyong mga superyor ay hindi ibinibigay sa iyo ang pagkilala na nararapat para sa iyo at lagi kang kinontra, at iba pa. Matapos marinig iyon, iisipin mo, "Tamang-tama iyan! Hindi nga maayos ang takbo ng mga bagay-bagay sa trabaho." Kaya lalo kang maniniwala kay Satanas. Pagkatapos ay magsasabi ito ng iba pang bagay upang linlangin ka, na lalong magpapaniwala sa iyo rito. Paunti-unti, matatagpuan mo ang iyong sarili na hindi na ito matanggihan o hindi na mapaghinala rito. Gumagamit lamang si Satanas ng kaunting walang kuwentang panlalansi, maging ng mabababaw na mumunting pandaraya, at nililito ka sa ganitong paraan. Habang nalilito ka, hindi mo makukuhang mag-isip nang maayos, maguguluhan ka sa kung ano ang dapat gawin, at magsisimula kang sumunod sa sinasabi ni Satanas. Ito ang "napakahusay" na pamamaraang ginagamit ni Satanas upang gawing tiwali ang tao, na nagiging sanhi ng hindi sinasadya mong pagkahulog sa patibong nito at maakit nito. Nagsasabi sa iyo si Satanas ng ilang bagay na inaakala ng mga tao na mabubuti, at saka sasabihin nito sa iyo kung ano ang gagawin at ano ang iiwasan. Sa ganitong paraan ka nalilinlang nang hindi mo nalalaman. Sa oras na mahulog ka rito, magiging

mahirap na para sa iyo ang mga bagay-bagay; palagi mong iisipin ang sinabi ni Satanas at ano ang sinabi nitong gawin mo, at hindi mo mamamalayang nasasapian ka na nito. Bakit ganoon? Ito ay dahil nagkukulang ang sangkatauhan sa katotohanan kaya't hindi nila magawang manindigan at lumaban sa panunukso at pang-aakit ni Satanas. Kapag nahaharap sa kasamaan ni Satanas at sa panlilinlang, pagtataksil, at malisya nito, napakamangmang ng sangkatauhan, wala sa kahustuhan ang isip at mahina, hindi ba? Hindi ba ito ay isa sa mga paraan na ginagawang tiwali ni Satanas ang tao? (Oo.) Ang tao ay paunti-unting nalililinlang at nadadaya nang hindi nila nalalaman, sa pamamagitan ng iba't ibang mga pamamaraan ni Satanas, dahil kulang sila sa kakayahang makita ang pagkakaiba sa pagitan ng positibo at ng negatibo. Kulang sila sa ganitong tayog, at sa kakayahang mapagtagumpayan si Satanas.

e. Paano Ginagamit ni Satanas ang mga Kalakarang Panlipunan Upang Gawing Tiwali ang Tao

Kailan nagsimulang magkaroon ng mga kalakarang panlipunan? Ang mga ito ba ay bagong pangyayari? Maaaring sabihin na ang mga kalakarang panlipunan ay nauso noong nagsimula si Satanas na gawing tiwali ang mga tao. Ano ang saklaw ng mga kalakarang panlipunan? (Estilo ng pananamit at makeup.) Ito ay mga bagay na madalas na nakakaharap ng mga tao. Ang estilo ng pananamit, moda, at mga kalakaran—ang mga ito ay binubuo ang isang maliit na aspeto. Mayroon pa bang iba? Ang mga sikat na kasabihan bang madalas na inilalabas ng mga tao ay kasama rin? Ang mga estilo ba ng pamumuhay na ninanasa ng mga tao ay kasama? Ang mga bituin sa musika, sikat na personalidad, magasin, at nobela na gusto ng mga tao ay kasama ba? (Oo.) Sa inyong palagay, anong aspeto ng mga kalakarang panlipunan ang kayang gawing tiwali ang tao? Alin sa mga kalakarang ito ang pinaka-nakakaakit sa inyo? Sinasabi ng ilan: “Lahat tayo ay narating na ang partikular na edad, tayo ay nasa edad na limampu, animnapu, pitumpu, o walumpu, at hindi na natin kayang makibagay sa mga kalakarang ito at hindi na naaakit ang ating pansin ng mga ito.” Tama ba ito? Sinasabi ng iba: “Hindi namin sinusundan ang mga sikat na personalidad, iyon ay isang bagay na ginagawa lamang ng mga kabataan sa kanilang edad na dalawampu, hindi rin kami nagsusuot ng mga kasuotang sunod sa moda, iyon ay isang bagay na ginagawa ng mga mapag-alala sa kanilang imahe.” Alin sa mga ito ang kayang makapagpatiwali sa inyo? (Mga popular na kasabihan.) Kaya ba ng mga kasabihang ito na gawing tiwali ang mga tao? Magbibigay ako ng isang halimbawa, at tingnan ninyo kung kaya nitong gawing tiwali ang mga tao o hindi: “Pera ang nagpapaikot sa mundo”; ito ba ay isang kalakaran? Hindi ba ito mas masahol pa kumpara sa mga kalakaran sa moda at masasarap na pagkain na inyong binanggit? Pilosopiya ni Satanas ang “Pera ang nagpapaikot sa mundo.” Nangingibabaw ito sa buong sangkatauhan, sa bawat lipunan ng mga tao; maaari ninyong sabihin na ito ay isang kalakaran. Ito ay dahil ikinintal ito sa puso ng bawat isang tao, na sa una ay hindi tinanggap ang kasabihang ito, ngunit pagkatapos ay binigyan ito ng hayagang

pagtanggap noong maranasan na nila ang tunay na buhay, at nagsimula nilang maramdaman na totoo nga ang mga salitang ito. Hindi ba ito proseso ni Satanas na ginagawang tiwali ang mga tao? Marahil hindi nauunawaan ng mga tao ang kasabihang ito sa parehas na antas, ngunit ang lahat ay mayroong magkakaibang mga antas ng interpretasyon at pagkilala sa kasabihang ito batay sa mga bagay na nangyari sa kanilang paligid at sa kanilang mga sariling karanasan. Hindi ba't ganito ang sitwasyon? Gaano man karami ang karanasan ng isang tao sa kasabihang ito, ano ang negatibong epekto na maaaring maidulot nito sa puso ng isang tao? Nabubunyag ang isang bagay sa pamamagitan ng disposisyon ng mga tao sa mundong ito, kasama na ang bawat isa sa inyo. Ano ito? Ito ay pagsamba sa salapi. Mahirap bang alisin ito mula sa puso ng isang tao? Napakahirap nito! Tila sadyang napakalalim ng pagtitiwali ni Satanas sa mga tao! Ginagamit ni Satanas ang salapi upang tuksuhin ang mga tao, at tiwaliin silang sumamba sa salapi at ipagpitagan ang mga materyal na bagay. At paano naipapamalas sa mga tao ang pagsambang ito sa salapi? Inaakala ba ninyo na hindi niyo kayang manatiling buhay sa mundong ito nang walang salapi, na ang kahit isang araw na walang salapi ay imposible? Ang katayuan ng mga tao ay base sa kung gaano karaming salapi ang mayroon sila, gayundin ang paggalang na karapat-dapat sa kanila. Ang mga likod ng mahihirap ay nakayuko sa hiya, habang nagpapakasasa ang mayayaman sa kanilang mataas na katayuan. Nakatayo sila nang tuwid at nagmamalaki, nagsasalita nang malakas at namumuhay nang may pagmamataas. Ano ba ang dinadala ng kasabihan at kalakarang ito sa mga tao? Hindi ba totoo na gagawin ng marami ang anumang sakripisyo para sa salapi? Hindi ba isinasakripisyo ng maraming tao ang kanilang dignidad at integridad sa paghahanap ng mas maraming salapi? Hindi ba marami ang mga taong nawawalan ng pagkakataon na gampanan ang kanilang tungkulin at sundin ang Diyos para lamang sa salapi? Hindi ba ang pagkawala ng pagkakataong matamo ang katotohanan at maligtas ang pinakamalaki sa lahat ng nawala sa mga tao? Hindi ba't masama si Satanas sa paggamit sa pamamaraang ito at sa kasabihang ito upang gawing tiwali ang tao hanggang sa ganitong antas? Hindi ba ito malisyosong pandaraya? Habang sumusulong ka mula sa pagtutol sa popular na kasabihang ito tungo sa pagtanggap dito bilang katotohanan sa huli, lubos na nahuhulog ang iyong puso sa kamay ni Satanas, at kung gayon ay naipapamuhay ang kasabihang ito nang hindi mo namamalayan. Gaano ka naapektuhan ng kasabihang ito? Maaaring alam mo ang tunay na daan, at maaari ring alam mo ang katotohanan, subalit wala kang kapangyarihang hangarin ito. Maaari mong malaman nang malinaw na ang mga salita ng Diyos ay katotohanan, ngunit hindi ka handang magbayad ng halaga, o magdusa upang makamtan ang katotohanan. Sa halip, mas gugustuhin mong isakripisyo ang iyong sariling kinabukasan at tadhana upang kalabanin ang Diyos hanggang sa katapus-tapusan. Anuman ang sinasabi ng Diyos, anuman ang ginagawa ng Diyos, nauunawaan mo man kung gaano kalalim at kung gaano kadakila ang pagmamahal ng Diyos para sa iyo o hindi, mapagmatigas mo pa ring ipipilit ang sarili mong landas at babayaran ang

halaga para sa kasabihang ito. Ibig sabihin, naloko at nakontrol na ng kasabihang ito ang iyong mga iniisip, nakontrol na nito ang iyong pag-uugali, at mas gusto mo pang hayaan itong pagharian ang iyong kapalaran kaysa isantabi mo ang iyong paghahangad na yumaman. Kayang kumilos ng mga tao nang ganoon, kaya silang kontrolin at manipulahin ng mga salita ni Satanas—hindi ba ibig sabihin nito ay naloko at nagawa na silang tiwali ni Satanas? Hindi pa ba nag-uugat ang pilosopiya at paraan ng pag-iisip ni Satanas, at ang disposisyon ni Satanas, sa puso mo? Kapag pikit-mata mong hinangad na yumaman, at tinalikdan mo ang paghahanap ng katotohanan, hindi ba nagtagumpay na si Satanas sa layunin nitong lokohin ka? Ito mismo ang nangyayari. Nadarama mo ba kapag niloloko at ginagawa kang tiwali ni Satanas? Hindi. Kung hindi mo nakikita si Satanas na nakatayo sa harap mo mismo, o nadarama na si Satanas iyon na kumikilos nang patago, makikita mo ba ang kasamaan ni Satanas? Malalaman mo ba kung paano ginagawang tiwali ni Satanas ang sangkatauhan? Ginagawang tiwali ni Satanas ang tao sa lahat ng oras at sa lahat ng lugar. Ginagawang imposible ni Satanas na labanan ng tao ang katiwaliang ito at ginagawang walang-laban ang tao rito. Ipinatatanggap sa iyo ni Satanas ang mga kaisipan nito, ang mga pananaw nito, at ang masasamang bagay na nagmumula rito sa mga sitwasyon na hindi mo ito namamalayan at kapag hindi mo napapansin kung ano ang nangyayari sa iyo. Tinatanggap ng mga tao ang mga bagay na ito nang lubusan. Minamahal nila at pinanghahawakan ang mga bagay na ito na parang isang kayamanan, hinahayaan nila ang mga bagay na ito na manipulahin sila at paglaruan sila; ganito ang pamumuhay ng mga tao sa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas, at wala silang malay na sinusunod nila si Satanas, at lalo pang lumalalim ang pagtitiwali ni Satanas sa tao.

Ginagamit ni Satanas ang ilang pamamaraan na ito upang gawing tiwali ang tao. Mayroong kaalaman at pagkaunawa ang tao sa ilang prinsipyong siyentipiko, namumuhay ang tao sa ilalim ng impluwensya ng tradisyunal na kultura, at ang bawat tao ay tagapagmana at tagapagkalat ng tradisyunal na kultura. Tiyak na ipagpapatuloy ng tao ang tradisyunal na kultura na ibinigay sa kanya ni Satanas, at sumasang-ayon ang tao sa mga kalakarang panlipunan na ibinibigay ni Satanas sa sangkatauhan. Ang tao ay di-maihihiwalay kay Satanas, nakikiisa sa lahat ng ginagawa ni Satanas sa lahat ng oras, tinatanggap ang kasamaan, panlilinlang, malisya, at pagmamataas nito. Noong taglayin ng tao ang mga disposisyon na ito ni Satanas, naging masaya ba siya o namimighati sa pamumuhay sa gitna ng tiwaling sangkatauhan? (Namimighati.) Bakit mo sinasabi ito? (Dahil ang tao ay naitali at nakokontrol ng mga tiwaling bagay na ito, nabubuhay siya sa kasalanan at nilamon ng isang mahirap na pakikipagpunyagi.) Ang ilang tao ay nagsusuot ng salamin, na nag-aanyong napakarunong; maaaring kagalang-galang sila kung magsalita, na may kahusayan at katwiran, at dahil marami na silang pinagdaanan; maaaring talagang may karanasan at kakayahan sila. Maaari silang magsalita nang detalyado tungkol sa mga bagay na malalaki at maliliit; at maaari din nilang suriin ang pagiging tunay at sanhi ng mga bagay-bagay. Maaaring tumingin ang

mga tao sa pag-uugali at kaanyuan ng mga taong ito, gayundin sa kanilang karakter, pagkatao, pagkilos, at iba pa, at hindi makahanap ng kamalian sa kanila. Ang mga taong gaya nito ay partikular na nakikiuso sa mga kasalukuyang kalakarang panlipunan. Kahit na maaaring mas matanda ang mga taong ito, hindi sila kailanman nahuli sa mga uso at hindi sila kailanman naging napakatanda na para matuto. Sa panlabas na anyo, walang makakahanap ng kamalian sa ganitong tao, ngunit hanggang sa diwa sa kalooban nila ay lubusan at ganap na silang ginawang tiwali ni Satanas. Bagama't walang panlabas na kamaliang makita sa mga taong ito, bagama't sa panlabas sila ay banayad, pino, nagtataglay ng kaalaman at tiyak na moralidad, at mayroon silang integridad, at hindi sila nahuhuli sa mga kabataan pagdating sa kaalaman, gayunman, kaugnay ng kanilang kalikasan at diwa, ang mga taong tulad nito ay tumpak at buhay na modelo ni Satanas; sila ay kawangis ni Satanas. Ito ang "bunga" ng pagtitiwali ni Satanas sa mga tao. Ang Aking mga sinabi ay maaaring maging masakit para sa inyo, ngunit totoo ang lahat ng ito. Ang kaalamang pinag-aaralan ng tao, ang siyensyang kanyang nauunawaan, at ang paraang kanyang pinipili para makibagay sa mga kalakarang panlipunan ay walang mintis na mga kagamitan ng pagtitiwali ni Satanas sa tao. Talagang totoo ito. Kung gayon, namumuhay ang tao sa loob ng isang disposisyon na ginawang ganap na tiwali ni Satanas, at walang paraan ang tao para malaman kung ano ang kabanalan ng Diyos o ano ang diwa ng Diyos. Ito ay dahil sa panlabas na anyo, hindi ka makakahanap ng mali sa mga pamamaraan na ginagawang tiwali ni Satanas ang tao; hindi mo masasabi mula sa ikinikilos ng isang tao na may anumang kakaiba. Ang lahat ay nagpapatuloy sa kanilang mga trabaho nang normal at namumuhay nang normal; nagbabasa sila ng mga libro at mga diyaryo nang normal, nag-aaral at nagsasalita sila nang normal. Ang ilan ay natuto ng moralidad at magaling magsalita, maunawain at palakaibigan, matulungin at mapagbigay, at hindi nakikipag-away tungkol sa maliliit na bagay o nananamantala ng ibang tao. Gayunpaman, ang kanilang mga tiwali at mala-Satanas na disposisyon ay nakaugat nang malalim sa kanilang kaibuturan at ang ganitong diwa ay hindi kayang baguhin sa pamamagitan ng pagdepende sa panlabas na gawa. Hindi kaya ng tao na malaman ang kabanalan ng Diyos dahil sa diwang ito, at kahit na ang diwa ng kabanalan ng Diyos ay ipinahayag sa tao, hindi ito sineseryoso ng tao. Ito ay dahil sa tuluyan nang naangkin ni Satanas ang mga nararamdaman, ideya, pananaw, at kaisipan ng tao sa pamamagitan ng iba't ibang paraan. Ang pagkaangkin at katiwalian ng ito ay hindi pansamantala o paminsan-minsan, kundi ito ay umiiral kahit saan at sa lahat ng oras. Kaya maraming tao na naniniwala sa Diyos sa loob ng tatlo o apat na taon, o kahit pa lima o anim na taon, ang kumakapit pa rin sa masasamang kaisipan, pananaw, lohika, at pilosopiya na naitanim sa kanila ni Satanas na para bang ang mga ito ay kayamanan, at hindi nila mabitawan ang mga ito. Dahil tinanggap ng tao ang masama, hambog, at malisyosong mga bagay na mula sa kalikasan ni Satanas, hindi maiiwasang magkaroon madalas ng mga salungatan, pagtatalo at hindi pagkakatatugma, na siyang resulta ng mapagmataas na kalikasan ni

Satanas. Kung nagbigay si Satanas sa sangkatauhan ng mga positibong bagay—halimbawa, kung ang Confucianismo at Taoismo ng tradisyunal na kultura na tinanggap ng tao ay mabubuting bagay—magkakasundo dapat ang magkakaparehong uri ng tao matapos tanggapin ang mga bagay na iyon. Bakit kaya may malaking pagkakahati-hati sa pagitan ng mga tao na tumanggap ng magkakaparehong bagay? Bakit ganoon? Ito ay dahil ang mga bagay na ito ay nagmula kay Satanas at lumilikha si Satanas ng pagkakahati-hati sa pagitan ng mga tao. Ang mga bagay na mula kay Satanas, kahit pa mukhang may dignidad o dakila ang mga iyon sa panlabas, ay nagdadala sa tao at nagpapalabas sa tao ng kayabangan, at wala nang iba kundi panlilinlang ng masamang kalikasan ni Satanas. Hindi ba tama iyon? Ang isang tao na kayang magpanggap, na nagtataglay ng kayamanan ng kaalaman, o mayroong magandang pagpapalaki ay mahihirapan pa ring itago ang kanyang tiwaling satanikong disposisyon. Ibig sabihin, ilang beses mang ikubli ng taong ito ang kanyang sarili, kahit na iniisip mo na siya ay santo, o kung naisip mo na siya ay perpekto, o kung naisip mo na siya ay isang anghel, gaano man kadalisay ang pag-aakala mo sa kanya, ano ang kanyang buhay sa likod ng mga eksenang ito? Anong diwa ang makikita mo sa pagbubunyag ng kanyang disposisyon? Walang duda na makikita mo ang masamang kalikasan ni Satanas. Maaari ba itong masabi? (Oo.) Halimbawa, sabihin nating may kilala kayong isang tao na malapit sa iyo na inakala mo na isang mabuting tao, marahil isang tao na iyong inidolo. Sa iyong kasalukuyang tayog, ano ang iyong tingin sa kanya? Una, sinusuri mo kung mayroong pagkatao ang ganitong uri ng tao o wala, kung siya ay matapat, kung siya ay may tunay na pagmamahal para sa mga tao, kung ang kanyang mga salita at gawa ay nakakapagbigay benepisyo at nakatutulong sa iba. (Hindi.) Ano ang tinaguriang kabaitan, pagmamahal, o kabutihan na naibubunyag ng mga taong ito? Ang lahat ng ito ay huwad, ang lahat ng ito ay panlabas lamang. Sa likod ng mga ipinapakitang ito ay may isang natatagong masamang layon: upang ang taong iyon ay hangaan at idolohin. Nakikita ba ninyo ito nang malinaw? (Oo.)

Ano ang idinudulot sa sangkatauhan ng mga pamamaraang ginagamit ni Satanas upang gawing tiwali ang mga tao? Mayroon bang anumang positibong idinudulot ang mga ito? Una, kaya bang makita ng tao ang pagkakaiba ng mabuti at masama? Masasabi mo ba na sa mundong ito, maging ito man ay isang sikat o dakilang tao, o isang magasin o iba pang lathalain, tumpak ba ang ginagamit nilang mga pamantayan upang sabihing ang isang bagay ay mabuti o masama, at tama o mali? Patas ba ang kanilang pagtimbang sa mga pangyayari at mga tao? Mayroon bang katotohanan dito? Ang mundo bang ito, ang sangkatauhang ito, ay tumitimbang sa mga positibo at mga negatibong bagay batay sa pamantayan ng katotohanan? (Hindi.) Bakit walang ganoong kakayahan ang mga tao? Pinag-aralan na ng mga tao ang napakaraming kaalaman at marami nang alam tungkol sa siyensya, kaya't marami na silang kakayahan, hindi ba? Kaya bakit hindi nila kayang makita ang pagkakaiba ng mga positibo at mga negatibong bagay? Bakit ganoon? (Dahil walang taglay na katotohanan ang mga tao; ang siyensya

at kaalaman ay hindi katotohanan.) Ang lahat ng dinadala ni Satanang sa sangkatauhan ay masama, tiwali at walang katotohanan, buhay, at ang daan. Sa kasamaan at katiwalian dinadala ni Satanang sa tao, masasabi mo bang mayroong pagmamahal si Satanang? Masasabi mo bang may pagmamahal ang tao? Maaaring sabihin ng ilang tao: “Mali ka, maraming tao sa buong mundo na tumutulong sa mga mahihirap o mga walang tirahan. Hindi ba mabubuting tao ang mga iyon? Mayroon ding mga organisasyong pangkawanggawa na gumagawa ng mabubuting gawain; hindi ba mabubuting gawain ang kanilang ginagawa?” Ano ang masasabi mo tungkol doon? Gumagamit si Satanang ng maraming iba’t ibang pamamaraan at teorya upang gawing tiwali ang tao; ang katiwalian bang ito ng tao ay isang malabong konsepto? Hindi, ito ay hindi malabo. Gumagawa rin si Satanang ng ilang praktikal na bagay, at ito ay nagtataguyod din ng isang pananaw o teorya sa mundong ito at sa lipunan. Sa bawat dinastiya at sa bawat kapanahunan, ito ay nagtataguyod ng isang teorya at nagtatanim ng mga kaisipan sa mga tao. Ang mga kaisipan at teoryang ito ay unti-unting nag-uugat sa puso ng mga tao, at pagkatapos ay nagsisimula ang mga tao na mamuhay ayon sa mga ito. Sa oras na nagsimula na silang mamuhay ayon sa mga ganitong bagay, hindi ba sila nagiging si Satanang nang hindi nila alam? Hindi ba ang mga tao ay nagiging kaisa ni Satanang? Kapag ang mga tao ay naging kaisa na ni Satanang, ano ang kanilang nagiging ugali tungo sa Diyos sa katapusan? Hindi ba iyon kapareho ng ugali na mayroon si Satanang tungo sa Diyos? Walang sinuman ang nangangahas na aminin ito, tama? Nakakatakot ito! Bakit Ko sinasabing ang likas ni Satanang ay masama? Hindi Ko ito sinasabi nang walang basehan; bagkus, ang likas ni Satanang ay natutukoy at nasusuri batay sa kung ano ang ginawa nito at sa mga bagay na ibinunyag nito. Kung sinabi Ko lamang na si Satanang ay masama, ano ang inyong iisipin? Iisipin ninyo, “Halata namang si Satanang ay masama.” Kaya tatanungin kita: “Anong mga aspeto ni Satanang ang masama?” Kung iyong sasabihing: “Ang paglaban ni Satanang sa Diyos ay masama,” hindi ka pa rin nagsasalita nang may kalinawan. Ngayong nasabi Ko na ang mga tiyak na bagay sa ganitong paraan, mayroon ba kayong pagkaunawa tungkol sa tiyak na nilalaman ng diwa ng kasamaan ni Satanang? (Oo.) Kung malinaw ninyong nakikita ang masamang kalikasan ni Satanang, makikita ninyo ang sarili ninyong mga kalagayan. Mayroon bang anumang kaugnayan sa pagitan ng dalawang ito? Nakakatulong ba ito sa inyo o hindi? (Nakakatulong.) Kapag Ako ay nagbabahagi tungkol sa diwa ng kabanalan ng Diyos, kinakailangan ba na magbahagi Ako tungkol sa masamang diwa ni Satanang? Ano ang inyong opinyon tungkol dito? (Oo, ito ay kinakailangan.) Bakit? (Mas nakikita ang kabanalan ng Diyos dahil sa kasamaan ni Satanang.) Ganito ba ito? Ito ay bahagyang tama dahil kung wala ang kasamaan ni Satanang, hindi malalaman ng mga tao na ang Diyos ay banal; tamang sabihin ito. Gayunman, kung sasabihin mo na ang kabanalan ng Diyos ay umiiral lamang dahil kabaligtaran ito ng kasamaan ni Satanang, tama ba ito? Mali ang diyalektikong paraan ng pag-iisip na ito. Ang kabanalan ng Diyos ay ang likas na diwa ng Diyos; kahit na ibinubunyag ito ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga gawa, ito ay likas na

pagpapahayag pa rin ng diwa ng Diyos at ito ay likas na diwa pa rin ng Diyos; umiiral na ito noon pa man at ito ay likas at katutubo sa Diyos Mismo, bagama't hindi ito nakikita ng tao. Ito ay dahil sa namumuhay ang tao sa gitna ng tiwaling disposisyon ni Satanang at sa ilalim ng impluwensya ni Satanang, at hindi alam ng tao ang tungkol sa kabanalan, at lalo na ang tungkol sa tiyak na nilalaman ng kabanalan ng Diyos. Kaya naman, kinakailangan ba nating magbahagi muna tungkol sa masamang diwa ni Satanang? (Oo, kailangan nga.) Maaaring magpahayag ang ilang tao ng ilang pagdududa: "Ikaw ay nagbabahagi tungkol sa Diyos Mismo, kaya bakit lagi Kang nagsasalita tungkol sa kung paano ginagawang tiwali ni Satanang ang mga tao at kung gaano kasama ang likas ni Satanang?" Ngayon, kinalimutan mo na ang mga pagdududang ito, hindi ba? Kapag ang mga tao ay mayroong pagkakilala ng kasamaan ni Satanang at kapag sila ay may tumpak na pakahulugan dito, kapag nakikita nang malinaw ng mga tao ang tiyak na nilalaman at pagpapakita ng kasamaan, ang pinagmumulan at ang diwa ng kasamaan, saka lamang, sa pagtatalakay ng kabanalan ng Diyos, malinaw na mapagtatanto o makikilala ng mga tao kung ano ang kabanalan ng Diyos, kung ano ang kabanalan. Kung hindi Ko tatalakayin ang kasamaan ni Satanang, maling paniniwalaan ng ilang tao na ang ilang ginagawa ng mga tao sa lipunan at sa gitna ng mga tao—o ilang bagay sa mundong ito—ay maaaring may kaugnayan sa kabanalan. Hindi ba mali ang pananaw na ito? (Oo.)

Ngayong nakapagbahagi na Ako tungkol sa diwa ni Satanang sa ganitong paraan, anong uri ng pagkakaunawa sa kabanalan ng Diyos ang inyong natamo sa pamamagitan ng inyong mga karanasan noong mga nakalipas na taon, mula sa inyong pagbabasa ng salita ng Diyos at mula sa pagdanas sa Kanyang gawain? Sige magsalita kayo tungkol dito. Hindi mo kailangang gumamit ng mga salitang kaaya-aya sa pandinig, kundi magsalita lamang mula sa iyong sariling mga karanasan. Ang kabanalan ba ng Diyos ay binubuo lamang ng Kanyang pagmamahal? Ang pagmamahal lamang ba ng Diyos ang ating inilalarawan bilang kabanalan? Iyon ay masyadong may pinapanigan, hindi ba? Maliban sa pagmamahal ng Diyos, mayroon pa bang ibang mga aspeto ng diwa ng Diyos? Nakita ba ninyo ang mga ito? (Oo. Kinapopootan ng Diyos ang mga pagdiriwang at mga kapistahan, mga tradisyon at mga pamahiin; ito rin ay kabanalan ng Diyos.) Ang Diyos ay banal kaya naman kinapopootan Niya ang mga bagay, ito ba ang ibig mong sabihin? Sa ugat nito, ano ba ang kabanalan ng Diyos? Ang kabanalan ba ng Diyos ay walang matibay na nilalaman, poot lamang? Sa inyong mga isip, iniisip ba ninyo na, "Dahil napopoot ang Diyos sa masasamang bagay na ito, kung gayon maaaring sabihin ng isang tao na banal ang Diyos"? Hindi ba haka-haka ito? Hindi ba ito isang uri ng paggawa ng konklusyon mula sa mga bagay-bagay at paghatol? Ano ang pinakamalaking pagkakamali na kailangang-kailangang iwasan pagdating sa pag-unawa ng diwa ng Diyos? (Ito ay kapag iniinawan natin ang realidad at sa halip ay pinag-uusapan ang mga doktrina.) Ito ay napakalaking pagkakamali. Mayroon pa ba? (Haka-haka at imahinasyon.) Ang mga ito ay malalaki ring pagkakamali. Bakit hindi kapaki-pakinabang

ang haka-haka at imahinasyon? Ang mga bagay ba sa iyong haka-haka at imahinasyon ay tunay mong nakikita? Ang mga ito ba ay tunay na diwa ng Diyos? (Hindi.) Ano pa ang kailangang iwasan? Pagkakamali ba na magbanggit lamang ng sunud-sunod na mga salitang magandang pakinggan upang ilarawan ang diwa ng Diyos? (Oo.) Hindi ba ito mayabang at walang saysay? Ang paghatol at haka-haka ay walang saysay, kagaya rin lamang ng pagpili ng mga salitang magandang pakinggan. Ang papuring walang laman ay wala ring saysay, hindi ba? Nasisiyahan ba ang Diyos na marinig ang mga tao na magsabi ng ganitong uri ng kawalang-saysay? (Hindi, hindi Siya nasisiyahan.) Hindi Siya komportable kapag naririnig ito! Kapag ginagabayan at inililigtas ng Diyos ang isang grupo ng mga tao, matapos marinig ng grupong ito ang Kanyang mga salita, hindi pa rin nila nauunawaan kailanman ang Kanyang ibig sabihin. Maaaring magtanong ang isang tao: “Mabuti ba ang Diyos?” at sila ay tutugon, “Oo!” “Gaano kabuti?” “Napakabuti!” “Mahal ba ng Diyos ang tao?” “Oo!” “Gaano kamahal? Kaya mo bang ilarawan ito?” “Mahal na mahal! Ang pagmamahal ng Diyos ay mas malalim kaysa sa dagat, mas mataas kaysa sa himpapawid!” Hindi ba walang saysay ang mga salitang ito? Hindi ba ang kawalang-saysay na ito ay kapareho ng kasasabi lamang ninyo: “Kinapopootan ng Diyos ang tiwaling disposisyon ni Satanas, kung gayon, banal ang Diyos”? (Oo.) Hindi ba ang inyong kasasabi lamang ay walang saysay? At saan nanggagaling ang karamihan ng mga walang saysay na bagay na nababanggit? Ang mga bagay na walang saysay na nababanggit ay pangunahing nanggagaling sa kawalan ng responsibilidad at kawalan ng paggalang sa Diyos ng mga tao. Maaari ba nating sabihin iyon? Wala kang anumang pagkaunawa ngunit nagsalita ka pa rin ng kawalang-saysay. Hindi ba ito pagiging iresponsable? Hindi ba ito kawalan ng galang sa Diyos? Natuto ka ng kaunting kaalaman, nakaunawa ng kaunting pangangatwiran at lohika, ginamit mo ang mga ito at, dagdag pa rito, ginawa iyon bilang daan upang makilala ang Diyos. Sa tingin mo, hindi ba naiinis ang Diyos kapag naririnig kang nagsasalita sa gayong paraan? Paano ninyo masusubukang makilala ang Diyos gamit ang mga pamamaraang ito? Kapag nagsasalita ka nang ganoon, hindi ba iyon nakakaasiwang pakinggan? Kung gayon, pagdating sa pagkakilala sa Diyos, dapat maging napakaingat ang isang tao; magsalita lamang hanggang sa pagkakilala ninyo sa Diyos. Magsalita nang may katapatan at may praktikalidad at huwag palamutian ang inyong mga salita ng mga pangkaraniwang papuri at huwag gumamit ng pambobola; hindi iyon kailangan ng Diyos; ang ganitong bagay ay nanggagaling kay Satanas. Mapagmataas ang disposisyon ni Satanas; gusto ni Satanas na bolahin at makarinig ng magagandang salita. Masisiyahan at matutuwa si Satanas kapag binibigkas ng mga tao ang lahat ng salitang magandang pakinggan na kanilang natutuhan at gagamitin ang mga ito para kay Satanas. Ngunit hindi ito kailangan ng Diyos; hindi kailangan ng Diyos ng labis na papuri o pambobola at hindi Niya hinihingi sa mga tao na magsalita ng kawalang-saysay at purihin Siya nang pikit-mata. Napopoot ang Diyos at ni hindi makikinig sa papuri at pambobola na hindi tugma sa realidad. Kaya naman, kapag ang ilang tao ay pinupuri nang walang katapatan ang

Diyos, at bulag na namamanata at nagdarasal sa Kanya, hindi nakikinig ni bahagya ang Diyos. Dapat mong akuin ang responsibilidad para sa iyong sinasabi. Kung hindi mo alam ang isang bagay, sabihin mo lamang; kung alam mo naman ang isang bagay, ipahayag mo ito sa isang praktikal na paraan. Ngayon, pagdating sa aktwal at tiyak na nilalaman ng kabanalan ng Diyos, mayroon ba kayong tunay na pagkakaunawa rito? (Noong nagpahayag ako ng pagkasuwail, noong nakagawa ako ng mga paglabag, natanggap ko ang paghatol at pagkastigo ng Diyos, at doon ko nakita ang kabanalan ng Diyos. At nang maharap ako sa mga kapaligiran na hindi tumugma sa aking mga inaasahan, nagdasal ako tungkol sa mga bagay na ito at hinanap ko ang mga layunin ng Diyos, at noong nililiwanagan at ginagabayan ako ng Diyos gamit ang Kanyang mga salita, nakita ko ang kabanalan ng Diyos.) Mula ito sa iyong sariling karanasan. (Mula sa sinabi ng Diyos tungkol dito, nakita ko na kung anong nangyari sa tao matapos magawang tiwali at mapinsala ni Satanas. Gayunpaman, ibinigay ng Diyos ang lahat para iligtas tayo at mula rito nakikita ko ang kabanalan ng Diyos.) Ito ay makatotohanang paraan ng pagsasalita; ito ay totoong kaalaman. Mayroon bang ibang mga paraan ng pag-intindi rito? (Nakikita ko ang kasamaan ni Satanas mula sa mga salita na sinabi nito upang akitin si Eba na magkasala at sa panunukso nito sa Panginoong Jesus. Mula sa mga salitang ginamit ng Diyos para sabihin kina Adan at Eba kung ano ang puwede at hindi nila puwedeng kainin, nakikita ko na diretsahan, malinis, at mapagkakatiwalaan ang mga salita ng Diyos; mula rito ay nakikita ko ang kabanalan ng Diyos.) Pagkatapos marinig ang mga sinabi sa itaas, kaninong mga salita ang pinakanagbibigay sa inyo ng inspirasyon na magsabi ng “amen”? Kaninong pagbabahagi ang pinakamalapit sa ating paksang ibinabahagi ngayon? Kaninong mga salita ang pinakamakatatotohanan? Kumusta ang pagbabahagi ng huling kapatid na babae? (Mabuti.) Nagsasabi kayo ng “amen” sa kanyang sinabi. Ano ang kanyang sinabi na tinamaan ang target? (Sa mga salita na kasasabi lamang ng kapatid, narinig ko na ang salita ng Diyos ay diretsahan at napakalinaw, at hinding-hindi katulad ng mga paligoy-ligoy na salita ni Satanas. Nakita ko rito ang kabanalan ng Diyos.) Bahagi ito nito. Tama ba ito? (Oo.) Napakagaling. Nakikita Ko na mayroon kayong natutuhan sa dalawang nakalipas na mga pagbabahaginan, ngunit dapat kayong magpatuloy sa pagsisikap. Ang dahilan kung bakit dapat kayong magsikap ay sapagkat ang pag-unawa sa diwa ng Diyos ay isang malalim na aralin; hindi ito isang bagay na nauunawaan ng isang tao sa isang gabi lamang, o kayang sabihin nang malinaw sa kaunting mga salita lamang.

Bawat aspeto ng tiwali at satanikong disposisyon, kaalaman, pilosopiya, mga kaisipan at mga pananaw ng mga tao, at ang ilang personal na aspeto ng indibiduwal na tao ay labis na humahadlang sa kanilang pagkilala sa diwa ng Diyos; kaya kapag narinig mo ang mga paksang ito, ang ilan sa mga ito ay maaaring lagpas sa inyong kayang abutin, ang ilan ay maaaring hindi ninyo maunawaan, samantalang ang ilan sa pangunahing aspeto ay hindi ninyo maitugma sa realidad. Gayunman, narinig Ko ang tungkol sa inyong pagkakaunawa sa kabanalan ng Diyos at alam Ko na sa inyong mga puso kayo

ay nagsisimula nang kilalanin ang sinabi Ko at nagbabahagi tungkol sa kabanalan ng Diyos. Alam Ko na sa inyong puso ang hangarin ninyo na maunawaan ang diwa ng kabanalan ng Diyos ay nagsisimulang umusbong. Ngunit ang lalong nagpapasaya pa sa Akin ay ang ilan sa inyo ay marunong nang gumamit ng mga pinakapayak na salita upang ilarawan ang inyong kaalaman tungkol sa kabanalan ng Diyos. Kahit na ito ay isang simpleng bagay para sabihin at nasabi Ko na ito noon, ngunit sa puso ng karamihan sa inyo, kailangan pa ninyong tanggapin ang mga salitang ito, at sa katotohanan ay hindi pa tumatatak sa inyong mga isip ang mga ito. Gayunpaman, ang ilan sa inyo ay isinaulo na ang mga salitang ito. Ito ay lubhang mabuti at ito ay napakagandang simula. Umaasa Ako na sa mga paksang iniisip ninyo na malalim—o sa mga paksa na higit pa sa inyong kayang abutin—magpapatuloy kayo na lalo pang magninilay-nilay at magbahaginan. Sa mga isyung higit pa sa inyong kayang abutin, mayroong isang tao na magbibigay sa inyo ng higit pang gabay. Kung dadagdagan pa ninyo ang pakikipagbahaginan kaugnay ng mga larangang naaabot ngayon, ang Banal na Espiritu ay gagawa ng Kanyang gawain at kayo ay makakarating sa mas mataas pang pagkakaunawa. Ang pag-unawa sa diwa ng Diyos at ang pagkilala sa diwa ng Diyos ay siyang pinakamahalaga sa pagpasok ng mga tao sa buhay. Umaasa Ako na hindi ninyo ipagwawalang-bahala ito o makikita ito bilang isang laro, dahil ang pagkilala sa Diyos ay siyang pundasyon ng pananampalataya ng tao at susi para hangarin ng tao ang katotohanan at makamtan ang kaligtasan. Kung naniniwala ang mga tao sa Diyos ngunit hindi nila Siya kilala, kung namumuhay lamang sila sa mga salita at doktrina, hindi kailanman magiging posibleng matamo nila ang kaligtasan, kahit pa kumilos at mamuhay sila ayon sa mga mababaw na kahulugan ng katotohanan. Ibig sabihin, kung ikaw ay naniniwala sa Diyos ngunit hindi Siya nakikilala, kung gayon ang iyong pananampalataya ay mauuwi sa wala at hindi naglalaman ng realidad. Naiintindihan ninyo, hindi ba? (Oo, naiintindihan namin.) Ang ating pagbabahaginan ay magtatapos na rito sa ngayon.

Enero 4, 2014

Ang Diyos Mismo, ang Natatangi VI

Ang Kabanalan ng Diyos (III)

Ang paksang ating ibinahagi noong nakaraan ay ang kabanalan ng Diyos. Aling aspeto ng Diyos Mismo ang nauukol sa kabanalan ng Diyos? Ito ba ay ukol sa diwa ng Diyos? (Oo.) Kaya ano ang pangunahing bahagi ng diwa ng Diyos na ating tinalakay sa ating pagbabahagi? Ito ba'y ang kabanalan ng Diyos? Ang kabanalan ng Diyos ay siyang natatanging diwa ng Diyos. Ano ang naging pangunahing nilalaman na ating ibinahagi noong nakaraan? (Ang pagkilala sa kasamaan ni Satanas, iyon ay, kung paano ginagawang tiwali ni Satanas ang sangkatauhan gamit ang kaalaman, siyensiya, tradisyunal na kultura, pamahiin, at mga kalakarang panlipunan.) Ito ang pangunahing paksa na tinalakay natin noong nakaraan. Ginagamit ni Satanas ang kaalaman, siyensiya, pamahiin, tradisyunal na kultura, at mga kalakarang panlipunan upang gawing tiwali ang tao; ito ang mga paraan kung saan ginagawang tiwali ang tao. Ito ang mga paraan—lima sa kabuuan—na ginagamit ni Satanas upang gawing tiwali ang tao. Alin sa palagay ninyo rito ang pinakamadalas gamitin ni Satanas upang gawing tiwali ang tao? Alin ang ginagamit upang gawing tiwali nang husto ang tao? (Tradisyunal na kultura. Ito ay dahil ang mga pilosopiya ni Satanas, gaya ng mga doktrina nina Confucius at Mencius, ay malalim na nakatanim sa aming mga isip.) Kaya iniisip ng ilang kapatid na lalaki at babae na “tradisyunal na kultura” ang sagot. Mayroon bang sinoman na may ibang sagot? (Kaalaman. Hindi tayo kailanman mapapahintulutan ng kaalaman na sambahin ang Diyos. Itinatanggi nito ang pag-iral ng Diyos, at itinatanggi ang pamamahala ng Diyos. Iyon ay, sinasabihan tayo ni Satanas na mag-aral mula pagkabata, at tanging sa pag-aaral at pagtatamo ng kaalaman lamang natin matitiyak ang ating kinabukasan at masayang tadhana.) Ginagamit ni Satanas ang kaalaman upang kontrolin ang iyong kinabukasan at tadhana, pagkatapos ikaw ay gagawing tau-tauhan nito; ganito mo iniisip kung paano ginagawang tiwali nang husto ni Satanas ang tao. Kung gayon, iniisip ng karamihan sa inyo na ginagamit ni Satanas ang kaalaman upang magawang tiwali ang tao nang husto. Mayroon pa bang iba na may ibang opinyon? Ano naman ang tungkol sa siyensiya o mga kalakarang panlipunan, halimbawa? Mayroon bang sinumang magsasabi na ang mga ito ang sagot? (Oo.) Ngayon, ibabahagi Kong muli ang tungkol sa limang paraan na ginagawang tiwali ni Satanas ang tao at, kapag Ako ay natapos na, tatanungin Ko kayo ng ilang katanungan, upang makita nang eksakto kung alin sa mga bagay na ito ang ginagamit ni Satanas upang gawing tiwali nang husto ang tao.

Limang Paraan Kung Paano Ginagawang Tiwali ni Satanas ang Tao

a. Ginagamit ni Satanas ang Kaalaman Upang Gawing Tiwali ang Tao, at Ginagamit Nito ang Kasikatan at Pakinabang Upang Kontrolin ang Tao

Sa limang paraan na ginagawang tiwali ni Satanas ang tao, ang una nating nabanggit ay ang kaalaman, kaya unahin natin ang kaalaman bilang paksa ng ating pagbabahagi.

Ginagamit ni Satanas ang kaalaman bilang pain. Makinig nang maigi: Ang kaalaman ay isang uri lamang ng pain. Ang mga tao ay inuudyukang mag-aral nang mabuti at pagbutihin ang kanilang mga sarili araw-araw, upang gawing armas ang kaalaman at gawin itong kanilang sandata, at pagkatapos ay gamitin ang kaalaman upang mabuksan ang pintuang-daan sa siyensiya; sa madaling salita, habang lalong mas maraming kaalaman ang iyong matamo, mas lalo kang makauunawa. Sinasabi ni Satanas ang lahat ng ito sa mga tao; sinasabi nito sa mga tao na pagyamanin din ang matatayog na mithiin habang sila ay natututo ng kaalaman, tinuturuan sila na magkaroon ng mga ambisyon at mga mithiin. Lingid sa kaalaman ng mga tao, si Satanas ay nagpapahatid ng maraming mensaheng tulad nito, na nagiging dahilan upang maramdaman ng mga tao nang hindi namamalayan na ang mga bagay na ito ay tama, o kapaki-pakinabang. Walang kaalam-alam, tumatahak ang mga tao sa landas na ito, walang kamalay-malay na inaakay pasulong ng kanilang sariling mga mithiin at mga ambisyon. Sa paisa-isang hakbang, di-sinasadyang natututuhan ng mga tao mula sa kaalamang bigay ni Satanas ang paraan ng pag-iisip ng mga dakila o bantog na mga tao. Natututuhan din nila ang ilang bagay mula sa mga gawa ng mga taong itinuturing na mga bayani. Ano ang itinataguyod ni Satanas para sa tao sa mga gawa ng mga bayaning ito? Ano ang nais nitong ikintal sa tao? Na ang tao ay dapat maging makabayan, magkaroon ng pambansang katapatan, at maging magiting sa espiritu. Ano ang natutuhan ng tao mula sa mga makasaysayang kuwento o mula sa mga talambuhay ng magigiting na tao? Na magkaroon ng damdamin ng pansariling katapatan, maging handang gumawa ng anumang bagay para sa mga kaibigan at kapatid niya. Sa loob ng kaalamang ito ni Satanas, walang kaalam-alam na natututuhan ng tao ang maraming bagay na hindi positibo. Sa gitna ng kawalang-malay ng tao, ang mga binhi na inihanda para sa kanila ni Satanas ay naitanim sa kanilang mga isip na wala pa sa gulang. Ipinadadama ng mga binhing ito sa kanila na dapat silang maging mga dakilang tao, na dapat maging bantog, na dapat maging mga bayani, na maging makabayan, maging mga tao na nagmamahal sa kanilang mga pamilya, at maging mga tao na gagawin ang anuman para sa isang kaibigan at magkaroon ng isang diwa ng pansariling katapatan. Dahil nasulsulan ni Satanas, sila ay walang kaalam-alam na tinatahak ang daan na inihanda nito para sa kanila. Habang tinatahak nila ang daang ito, napipilitan silang tanggapin ang mga patakaran ng pamumuhay ni Satanas. Ganap na walang malay, bumubuo sila ng sarili nilang mga patakaran ng pamumuhay, ngunit ang mga ito ay walang iba kundi ang mga patakaran ni Satanas na sapilitang itinanim sa kanila. Sa panahon ng proseso ng pagkatuto, ipinatataguyod sa kanila ni Satanas ang kanilang sariling mga layon, na pagpasyahan ang kanilang sariling mga layunin sa buhay, mga patakaran ng pamumuhay, at direksyon sa buhay, habang itinanim sa isip nila ang mga bagay ni Satanas, na ginagamit ang mga kuwento, mga talambuhay, at lahat ng paraang posible upang akitin ang mga tao, unti-unti, hanggang kagatin nila ang pain. Sa ganitong paraan, habang nasa kalagitnaan ng kanilang pagkatuto, nagkakagusto ang ilan sa panitikan,

ang ilan sa ekonomiya, ang ilan sa astronomiya o heograpiya. Saka mayroong ilan na nagugustuhan ang pulitika, may ilan na gusto ang pisika, ilan ay kemika, at ang ilan pang gusto ang teolohiya. Ang lahat ng ito ay bahagi ng mas malaking kabuuhan na siyang kaalaman. Sa inyong mga puso, nalalaman ng bawat isa sa inyo kung tungkol talaga saan ang mga bagay na ito, bawat isa sa inyo ay nagkaroon na ng ugnayan sa mga ito noong nakaraan. Sinuman sa inyo ay maaaring mangusap nang walang katapusan tungkol sa isa o sa iba pa sa mga sangay na ito. Kaya malinaw kung paanong nakapasok nang husto ang kaalamang ito sa isip ng tao, malinaw ang posisyon na sinasakop ng kaalamang ito sa mga isip ng tao at kung gaano kalalim ang epekto nito sa kanila. Kapag nagustuhan ng isang tao ang isang aspeto ng kaalaman, kapag umibig nang husto ang isang tao rito, nakabubuo sila ng mga mithiin nang hindi namamalayan: Ang ilang tao ay nagnanais na maging mga may-akda, ang ilan ay nagnanais maging mga manunulat, ang ilan ay nagnanais na gawing karera ang pulitika, at ang ilan ay nagnanais na makibahagi sa ekonomiya at maging mga negosyante. At mayroon ding isang grupo ng mga tao na nagnanais maging mga bayani, maging dakila o bantog. Kahitpaman anong uri ng tao ang ninanais maging ng sinuman, ang kanilang layunin ay ang kunin ang paraang ito ng pagkatuto ng kaalaman at gamitin ito para sa sarili nilang mga layunin, upang matupad ang kanilang sariling mga hangarin, kanilang sariling mga mithiin. Gaano man ito kagandang pakinggan—nais man nilang makamit ang kanilang mga pangarap, ang huwag aksayahin ang kanilang buhay, o magkaroon ng matagumpay na buhay—itinataguyod nila ang matatayog na mithiin at mga ambisyong ito, ngunit, sa totoo lang, para sa ano ang lahat ng ito? Naisip na ba ninyo ang katanungang ito dati? Bakit ganito kumilos si Satanas? Ano ang layunin ni Satanas sa pagtatanim ng mga bagay na ito sa tao? Ang inyong mga puso ay dapat maging malinaw sa tanong na ito.

Ngayon ay pag-usapan natin kung paano ginagamit ni Satanas ang kaalaman upang gawing tiwali ang tao. Una, kailangan nating magkaroon ng malinaw na pagkaunawa sa mga bagay na ito: Ano ang nais ibigay ni Satanas sa tao gamit ang kaalaman? Sa anong uri ng daan nito gustong akayin ang tao? (Daan ng paglaban sa Diyos.) Oo, tiyak na iyon nga—upang labanan ang Diyos. Kung gayon ay iyong nakikita na ito ay isang bunga ng pagtatamo ng tao ng kaalaman—sila ay nagsisimulang lumaban sa Diyos. Kaya ano ang masasamang motibo ni Satanas? Hindi ito maliwanag sa iyo, hindi ba? Sa proseso ng pagkatuto ng tao ng kaalaman, ginagamit ni Satanas ang lahat ng paraan, maging ito man ay pagkukuwento, simpleng pagbibigay sa kanila ng ilang indibidwal na piraso ng kaalaman, o pagpapahintulot sa kanila na masapatan ang kanilang mga kagustuhan o ambisyon. Sa anong daan ka nais akayin ni Satanas? Iniisip ng mga tao na walang mali sa pagkatuto ng kaalaman, na ito ay ganap na natural. Upang ilagay ito sa paraang nakakaakit pakinggan, ang magtaguyod ng matatayog na mithiin o ang magkaroon ng mga ambisyon ay pagkakaroon ng mga hangarin, at ito dapat ang tamang landas sa buhay. Hindi ba mas maluwalhating paraan para sa mga tao na mabuhay kung matatanto nila ang kanilang sariling mga mithiin o matagumpay na makapagtatag ng

isang karera sa kanilang buhay? Sa paggawa ng mga bagay na ito, hindi lamang mapararangalan ng isang tao ang sariling mga ninuno bagkus ay maaari ring mag-iwan ng isang tatak sa kasaysayan—hindi ba ito isang mabuting bagay? Ito ay isang mabuting bagay sa mga mata ng mga taong makamundo, at sa kanila ay dapat itong maging angkop at positibo. Si Satanas ba, gayunpaman, kasama ang masasamang motibo nito, ay dinadala lang ang mga tao sa ganitong uri ng daan at pagkatapos ay ganoon na lamang? Siyempre hindi. Sa katunayan, gaano man katayog ang mga mithiin ng tao, gaano man kamakatotohanan ang mga pagnanais ng tao o gaano man maaaring kaangkop ang mga ito, ang lahat ng ninanais matamo ng tao, ang lahat ng hinahanap ng tao, ay pawang nauugnay sa dalawang salita. Ang dalawang salitang ito ay lubhang mahalaga sa buhay ng bawa't tao, at ang mga ito ay mga bagay na binabalak na ikintal ni Satanas sa tao. Ano ang dalawang salitang ito? Ang mga ito ay “katanyagan” at “pakinabang.” Si Satanas ay gumagamit ng isang napakatusong uri ng paraan, isang paraang lubos na kaayon ng mga kuru-kuro ng mga tao, na hindi naman radikal, kung saan ay nagiging sanhi na walang kamalayang tanggapin ng mga tao ang uri ng pamumuhay nito, ang mga patakaran nito upang mabuhay, at magtatatag ng mga layunin sa buhay at kanilang direksyon sa buhay, at sa ganoon nagkakaroon din sila ng mga ambisyon sa buhay nang hindi namamalayan. Gaano man katayog magmistula ang mga mithiing ito sa buhay, ang mga ito ay pawang nauugnay sa “katanyagan” at “pakinabang”. Sinumang dakila o tanyag na tao—lahat ng tao, sa katunayan—anumang bagay na sinusunod nila sa buhay ay nauugnay lamang sa dalawang salitang ito: “katanyagan” at “pakinabang.” Iniisip ng mga tao na sa sandaling magkaroon sila ng katanyagan at pakinabang, maaari na nila kung gayong samantalain ang mga ito upang tamasahin ang mataas na katayuan at malaking kayamanan, at upang masiyahan sa buhay. Iniisip nila na ang katanyagan at pakinabang ay mga uri ng puhunan na maaari nilang gamitin upang magkamit ng isang buhay na mapaghanap-ng-kaluguran at walang-pakundangan sa pagtatamasa ng laman. Alang-alang sa katanyagan at pakinabang na ito na iniimbot ng sangkatauhan, ang mga tao ay kusang-loob, hindi man namamalayan, na ibinibigay ang kanilang mga katawan, mga isip, at lahat ng mayroon sila, ang kanilang kinabukasan at kanilang mga tadhana, kay Satanas. Ginagawa nila ito nang wala ni isang sandali ng pag-aatubili, kailanman ay mangmang sa pangangailangan na mabawi ang lahat ng naibigay na nila. Mapapanatili ba ng mga tao ang anumang kontrol sa kanilang mga sarili sa sandaling manganlong sila kay Satanas sa ganitong paraan at maging tapat dito? Tiyak na hindi. Sila ay ganap at lubos na kontrolado ni Satanas. Sila rin ay ganap at lubos na nalublob sa isang putikan, at hindi magawang mapalaya ang kanilang mga sarili. Kapag ang isang tao ay nasadlak sa katanyagan at pakinabang, hindi na nila hinahanap ang maliwanag, ang matuwid, o ang mga bagay na maganda at mabuti. Ito ay dahil sa ang nakatutuksong kapangyarihan na mayroon ang katanyagan at pakinabang sa mga tao ay napakalaki; at ang mga ito ay nagiging mga bagay para hangarin ng mga tao sa buong buhay nila at maging sa walang hanggan nang walang katapusan. Hindi ba ito totoo? Ilang tao ang

magsasabing ang pagkatuto ng kaalaman ay katulad lamang ng pagbabasa ng mga aklat o pagkatuto ng ilang bagay na hindi pa nila alam upang hindi mahuli sa mga panahon o hindi mapag-iwanan ng mundo. Ang kaalaman ay pinag-aaralan lamang upang makapaglagay sila ng pagkain sa hapag, para sa kanilang sariling kinabukasan, o para sa pangunahing mga pangangailangan. Mayroon bang kahit sinong tao ang magtitiis ng isang dekada ng puspusang pag-aaral para lamang sa pangunahing mga pangangailangan, para lamang lutasin ang usapin ng pagkain? Wala, walang mga taong ganito. Kaya bakit nagpapakahirap ang isang tao sa lahat ng mga taon na ito? Ito ay para sa katanyagan at pakinabang. Ang katanyagan at pakinabang ay naghihintay sa hinaharap para sa kanila, tumatawag sa kanila, at naniniwala sila na sa pamamagitan ng kanilang sariling sipag, mga paghihirap at pagpupunyagi saka lamang nila masusundan ang daan na magdadala sa kanila sa katanyagan at pakinabang. Ang nasabing tao ay dapat pagdusahan ang mga paghihirap na ito para sa kanilang sariling hinaharap na landas, para sa kanilang hinaharap na kasiyahan at upang magkamit ng mas magandang buhay. Ano naman kaya ang kaalamang ito—maaari ba ninyong sabihin sa Akin? Hindi ba ito ang mga panuntuan at pilosopiya sa buhay na ikinikintal ni Satanas sa tao, tulad ng “Mahalin ang Partido, mahalin ang bayan, at mahalin ang iyong relihiyon” at “Ang isang matalinong tao ay nagpapasakop sa mga sitwasyon”? Hindi ba ito ang “matatayog na mithiin” ng buhay na ikinintal sa tao ni Satanas? Gaya halimbawa, ang mga ideya ng mga dakilang tao, ang integridad ng mga sikat o matatapang na espiritu ng mga bayani, o ang pagkamaginoo at kabaitan ng mga bida at mga eskrimador sa mga nobela ng sining ng pakikipaglaban—hindi ba ang lahat ng ito ay paraan kung saan ikinikintal ni Satanas ang mga mithiing ito? Ang mga ideyang ito ay nakakaimpluwensya sa sali’t salinlahi, at nahihikayat ang mga tao ng bawat henerasyon na tanggapin ang mga ideyang ito. Palagi silang nagpapakahirap sa paghahangad na magtamo ng “matatayog na mithiin” na isasakripisyo pa nila ang kanilang buhay para doon. Ito ang kaparaanan at diskarte kung saan gumagamit si Satanas ng kaalaman para gawing tiwali ang mga tao. Kaya matapos akayin ni Satanas ang mga tao sa landas na ito, nagagawa ba nilang sundin at sambahin ang Diyos? At nagagawa ba nilang tanggapin ang mga salita ng Diyos at hanapin ang katotohanan? Talagang hindi—dahil nailigaw na sila ni Satanas. Tingnan nating muli ang kaalaman, mga kaisipan, at mga opinyon na ikinintal ni Satanas sa mga tao: Nasa mga bagay na ito ba ang mga katotohanan ng pagsunod sa Diyos at pagsamba sa Diyos? Naroon ba ang mga katotohanan ng pagkatakot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan? Naroon ba ang anuman sa mga salita ng Diyos? Mayroon bang anuman sa mga iyon na may kaugnayan sa katotohanan? Wala talaga—walang-wala ang mga bagay na ito. Matitiyak mo ba na hindi naglalaman ng katotohanan ang mga bagay na ikinintal ni Satanas sa mga tao? Hindi ka nangangahas—ngunit hindi mahalaga iyon. Hangga’t nakikilala mo na ang “katanyagan” at “pakinabang” ay ang dalawang susing salita na ginagamit ni Satanas upang akitin ang mga tao sa landas ng kasamaan, sapat na kung gayon.

Suriin natin sandali ang mga napag-usapan natin hanggang ngayon: Ano ang ginagamit ni Satanas upang mapanatili ang tao sa mahigpit nitong kontrol? (Katanyagan at pakinabang.) Kaya, ginagamit ni Satanas ang katanyagan at pakinabang upang kontrolin ang mga iniisip ng tao, hanggang sa ang tanging maisip ng mga tao ay katanyagan at pakinabang. Nagsusumikap sila para sa katanyagan at pakinabang, nagdaranas ng mga paghihirap para sa katanyagan at pakinabang, nagtitiis ng kahihiyan para sa katanyagan at pakinabang, nagsasakripisyo ng lahat ng mayroon sila para sa katanyagan at pakinabang, at maghuhusga o magpapasya para sa katanyagan at pakinabang. Sa ganitong paraan, iginagapos ni Satanas ang mga tao gamit ang kadenang hindi nakikita, at wala silang lakas ni tapang na iwaksi ang mga ito. Dala nila ang mga kadenang ito nang hindi nila nalalaman at hirap na hirap silang sumulong. Alang-alang sa katanyagan at pakinabang na ito, lumalayo ang sangkatauhan sa Diyos at nagtataksil sa Kanya at lalo silang nagiging masama. Sa ganitong paraan, samakatuwid, sunud-sunod na nawawasak ang mga henerasyon sa gitna ng katanyagan at pakinabang ni Satanas. Kung titingnan ngayon ang mga kilos ni Satanas, hindi ba lubos na kasuklam-suklam ang masasamang motibo nito? Marahil ay hindi pa rin ninyo malinaw na nakikita ngayon ang masasamang motibo ni Satanas dahil iniisip ninyo na hindi mabubuhay ang tao kung walang katanyagan at pakinabang. Iniisip ninyo na kung tatalikuran ng mga tao ang katanyagan at pakinabang, hindi na nila makikita ang daan sa kanilang harapan, hindi na nila makikita ang kanilang mga layunin, na magiging madilim, malabo at mapanglaw ang kanilang hinaharap. Ngunit, unti-unti, balang araw ay mapapansin ninyong lahat na ang katanyagan at pakinabang ay malalaking kadenang ginagamit ni Satanas upang igapos ang tao. Pagdating ng araw na iyon, lubusan mong lalabanan ang pagkontrol ni Satanas at ang mga kadenang ginagamit ni Satanas upang igapos ka. Pagdating ng oras na nais mong iwaksi ang lahat ng bagay na naikintal sa iyo ni Satanas, ganap kang hihiwalay kay Satanas at talagang kamumuhian mo ang lahat ng naidulot ni Satanas sa iyo. Saka lamang magkakaroon ng tunay na pagmamahal at pananabik sa Diyos ang sangkatauhan.

b. Ginagamit ni Satanas ang Siyensya Upang Gawing Tiwali ang Tao

Katatapos pa lamang nating pag-usapan kung paano ginagamit ni Satanas ang kaalaman upang gawing tiwali ang tao, kaya ang sumunod nating pag-uusapan ay kung paano ginagamit ni Satanas ang siyensya upang gawing tiwali ang tao. Una, ginagamit ni Satanas ang pangalan ng siyensya upang bigyang-kasiyahan ang pagkamausisa ng tao, ang pagnanais ng tao na saliksikin ang siyensya at siyasatin ang mga hiwaga. Sa ngalan ng siyensya, binibigyang-kasiyahan ni Satanas ang materyal na mga pangangailangan ng tao at kahilingan ng tao na patuloy na iangat ang kalidad ng kanilang buhay. Sa gayon, sa kadahilanang ito ginagamit ni Satanas ang siyensya upang gawing tiwali ang tao. Ang pag-iisip o isipan lamang ba ng tao ang ginagawang tiwali ni Satanas gamit ang siyensya sa ganitong paraan? Sa mga tao, pangyayari, at

bagay-bagay sa ating paligid na nakikita at nakakasalamuha natin, alin pa sa mga ito ang ginagawang tiwali ni Satanas gamit ang siyensya? (Ang likas na kapaligiran.) Tama. Tila labis kayong nasaktan nito, at labis na naapektuhan. Maliban sa paggamit ng lahat ng iba't ibang tuklas at konklusyon ng siyensya upang linlangin ang tao, ginagamit din ni Satanas ang siyensya bilang isang kaparaanan upang wasakin at pagsamantalahan nang walang pakundangan ang tirahang kapaligirang bigay ng Diyos sa tao. Ginagawa ito ni Satanas sa ilalim ng kadahilanan na kung nagsasagawa ang tao ng siyentipikong pananaliksik, ang tirahang kapaligiran ng tao at ang kalidad ng buhay ay patuloy na aangat, at bukod pa ryan ay na ang layunin ng siyentipikong pag-unlad ay upang ilaan ang patuloy na materyal na mga pangangailangan ng tao na dumarami araw-araw at ang pangangailangan nilang patuloy na iangat ang kalidad ng kanilang buhay. Ito ang teoretikal na batayan ng pagpapaunlad ni Satanas sa siyensya. Gayunman, ano ang naidulot ng siyensya sa sangkatauhan? Ang kapaligiran bang tinitirhan natin—at ang kapaligirang tinitirhan ng buong sangkatauhan—ay hindi pa narumihan? Hindi pa ba narumihan ang hanging nilalanghap ng tao? Hindi pa ba narumihan ang tubig na iniinom natin? Organic at natural pa rin ba ang pagkaing kinakain natin? Karamihan sa mga butil at gulay ay genetically modified, napalago ang mga ito gamit ang pataba, at ang ilan ay mga variant na nilikha gamit ang siyensya. Hindi na natural ang mga gulay at prutas na kinakain natin. Kahit ang likas na mga itlog ay hindi na madaling matagpuan, at hindi na gaya ng dati ang lasa ng mga itlog, dahil naiproseso na ng tinatawag ni Satanas na siyensya. Kung titingnan ang buong sitwasyon, nawasak at narumihan na ang buong kapaligiran; ang mga kabundukan, lawa, kagubatan, ilog, karagatan, at lahat ng nasa ibabaw at ilalim ng lupa ay nasira nang lahat ng tinatawag na mga tagumpay ng siyensya. Sa madaling salita, ang buong likas na kapaligiran, ang tirahang kapaligirang bigay ng Diyos sa sangkatauhan, ay nawasak at nasira na ng tinatawag na siyensya. Bagama't nakamit na ng maraming tao ang inaasam nila noon pa man pagdating sa kalidad ng buhay na hinahangad nila, na binibigyang-kasiyahan kapwa ang kanilang mga naisin at ang kanilang laman, ang kapaligirang tinitirhan ng tao ay talagang nawasak at nasira na ng iba't ibang “mga tagumpay” na dulot ng siyensya. Ngayon, wala na tayong karapatang huminga ng isang hinga ng malinis na hangin. Hindi ba ito ang dalamhati ng sangkatauhan? Mayroon pa bang masasabing anumang kaligayahang natitira para sa tao, kung kailangan nilang manirahan sa ganitong uri ng espasyo? Ang espasyo at tirahang kapaligirang ito kung saan nabubuhay ang tao, simula't sapul, ay nilikha ng Diyos para sa tao. Ang tubig na iniinom ng mga tao, ang hanging nilalanghap ng mga tao, ang iba't ibang pagkaing kinakain ng mga tao, gayundin ang mga halaman at mga buhay na nilalang, at kahit ang mga kabundukan, lawa, at karagatan—bawat bahagi ng tirahang kapaligirang ito ay bigay ng Diyos sa tao; ito ay likas, gumagana alinsunod sa isang likas na batas na inilatag ng Diyos. Kung wala ang siyensya, susundin pa rin ng mga tao ang mga pamamaraang ipinagkaloob sa kanila ng Diyos, matatamasa nila ang lahat ng malinis

at natural, at magiging maligaya sila. Gayunman, lahat ng ito ay nawasak at nasira na ngayon ni Satanas; ang pangunahing tinitirhang espasyo ng tao ay hindi na malinis. Ngunit walang sinumang nakapapansin kung ano ang nagsanhi nito o kung paano ito nangyari, at mas marami pang tao ang gumagamit ng siyensya at inuunawa ito gamit ang mga ideyang ikinintal sa kanila ni Satanas. Hindi ba ito labis na kasuklam-suklam at kaawa-awa? Ngayong nakuha na ni Satanas ang espasyo kung saan namumuhay ang sangkatauhan, gayundin ang kanilang tirahang kapaligiran, at ginawa silang tiwali sa ganitong kalagayan, at sa patuloy na pagsulong ng sangkatauhan sa ganitong paraan, kailangan pa bang personal na puksain ng Diyos ang mga taong ito? Kung patuloy na uunlad ang mga tao sa ganitong paraan, anong direksyon ang tatahakin nito? (Lilipulin sila.) Paano sila lilipulin? Bukod pa sa sakim na paghahanap ng mga tao sa katanyagan at pakinabang, patuloy silang nagsasagawa ng pagtuklas sa siyensya at nagsasaliksik nang husto, at pagkatapos ay walang-tigil na kumikilos sa isang paraan na nagbibigay-kasiyahan sa kanilang sariling materyal na mga pangangailangan at pagnanasa; ano kung gayon ang mga kahihinatnan ng tao? Una sa lahat, sira na ang balanse ng ekolohiya, at kapag nangyari ito, ang katawan ng mga tao, ang kanilang mga organ sa loob ng kanilang katawan, ay nabahiran at napinsala ng di-balanseng kapaligirang ito, at ang iba't ibang nakahahawang mga sakit at salot ay lumaganap sa buong mundo. Hindi ba totoo na isang sitwasyon ito ngayon na walang kontrol ang tao? Ngayong nauunawaan na ninyo ito, kung hindi sinusunod ng sangkatauhan ang Diyos, kundi palaging sinusunod si Satanas sa ganitong paraan—na ginagamit ang kaalaman upang patuloy na payamanin ang kanilang sarili, ginagamit ang siyensya upang walang-tigil na tuklasin ang hinaharap ng buhay ng tao, ginagamit ang ganitong uri ng pamamaraan upang patuloy na mabuhay—napapansin ba ninyo kung paano ito magwawakas para sa sangkatauhan? Likas na maglalaho ang sangkatauhan: Sa paisa-isang hakbang, sumusulong ang sangkatauhan tungo sa pagkawasak, tungo sa sarili nilang pagkawasak! Hindi ba ito pagdudulot ng pagkawasak sa kanilang sarili? At hindi ba ito ang kahihinatnan ng pag-unlad ng siyensya? Ngayon ay tila baga ang siyensya ay isang uri ng mahiwagang inuming naihanda ni Satanas para sa tao, kaya kapag sinusubukan ninyong unawain ang mga bagay-bagay ay ginagawa ninyo ito nang may kalabuan; gaano man kayo tumingin nang husto, hindi ninyo makikita nang malinaw ang mga bagay-bagay, at gaano man ninyo pagsikapan, hindi ninyo mauunawaan ang mga ito. Gayunman, ginagamit ni Satanas ang pangalan ng siyensya upang panabikin ka at lubos na mahila, sa paisa-isang hakbang, tungo sa kailaliman at kamatayan. At dahil dito, malinaw na makikita ng mga tao na ang totoo, ang pagpuksa sa tao ay kagagawan ni Satanas—si Satanas ang pasimuno. Hindi nga ba ganito? (Oo, ganito nga.) Ito ang pangalawang paraan na ginagawang tiwali ni Satanas ang sangkatauhan.

c. Ginagamit ni Satanas ang Tradisyunal na Kultura Upang Gawing Tiwali ang Tao

Tradisyunal na kultura ang pangatlong paraan na ginagawang tiwali ni Satanas ang tao. Maraming pagkakatulad sa pagitan ng tradisyunal na kultura at ng pamahiin, ngunit ang pagkakaiba ay na may partikular na mga kuwento, parunggit, at pinagmulan ang tradisyunal na kultura. Nakapagtahi-tahi at nakapag-imbento si Satanas ng maraming kuwentong bayan o mga kuwentong lumilitaw sa mga aklat ng kasaysayan, na nag-iwan ng malalalim na impresyon sa mga tao tungkol sa tradisyunal na kultura o mga pamahiin. Halimbawa, sa China ay may “Ang Walong Imortal na Tumatawid ng Dagat,” “Paglalakbay Patungong Kanluran,” ang Jade na Emperador, “Ang Paglupig ni Nezha sa Haring Dragon,” at “Ang Pagtatalaga ng mga Diyos.” Hindi ba nakaugat nang malalim ang mga ito sa isipan ng tao? Kahit hindi alam ng ilan sa inyo ang lahat ng detalye, alam pa rin ninyo ang mga pangkalahatang kuwento, at ang pangkalahatang nilalamang ito ang nakakintal sa iyong puso’t isipan, kaya hindi mo makalimutan ang mga iyon. Ito ang sari-saring mga ideya o alamat na inihanda ni Satanas para sa tao noong unang panahon, at naikalat na sa iba’t ibang panahon. Ang mga bagay na ito ay tuwirang pumipinsala at nagpapahina sa kaluluwa ng mga tao at gumagayuma nang sunud-sunod sa mga tao. Ibig sabihin ay kapag tinanggap mo na ang gayong tradisyunal na kultura, mga kuwento, o pamahiin, kapag nakatatag ang mga ito sa iyong isipan, at kapag nakakintal ang mga ito sa iyong puso, para kang nagayuma—nasasadlak at naiimpluwensyahan ka ng kultural na mga patibong na ito, ng mga ideya at tradisyonal na mga kuwentong ito. Iniimpluwensyahan ng mga ito ang iyong buhay, ang pananaw mo sa buhay, at ang iyong paghusga sa mga bagay-bagay. Mas lalong iniimpluwensyahan ng mga ito ang iyong paghahangad sa tunay na daan ng buhay: Isang masamang gayuma nga ito. Gaano mo man subukan, hindi mo maiwawaksi ang mga ito; tinataga mo ang mga ito ngunit hindi mo kayang ibuwal ang mga ito; hinahataw mo ang mga ito ngunit hindi mo kayang talunin ang mga ito. Bukod pa rito, pagkatapos sumailalim ang mga tao sa ganitong uri ng gayuma nang hindi nila alam, nagsisimula silang sumamba kay Satanas nang hindi nila alam, na itinataguyod ang imahe ni Satanas sa kanilang puso. Sa madaling salita, itinatatag nila si Satanas bilang kanilang diyus-diyusan, isang bagay na sasambahin at titingalain nila, na humahantong pa sa pagturing dito bilang Diyos. Hindi nila alam na ang mga bagay na ito ay nasa puso ng mga tao, kumokontrol sa kanilang mga salita at gawa. Bukod dito, itinuturing mong mali ang mga kuwento at alamat na iyon noong una, kaya lamang ay kinikilala mo ang pag-iral ng mga iyon nang hindi mo alam, kaya nagiging totoong mga tao ang mga iyon at nagiging totoo at umiiral na mga bagay ang mga iyon. Wala kang kamalay-malay, tinatanggap mo nang hindi namamalayan ang mga ideyang ito at ang pag-iral ng mga bagay na ito. Tinatanggap mo rin nang hindi namamalayan ang mga diyablo, si Satanas, at mga diyus-diyusan sa sarili mong tahanan at sa sarili mong puso—isang gayuma nga ito. Umaalingawngaw ba ang

mga salitang ito sa inyo? (Oo.) Mayroon bang sinuman sa inyo na nakapagsunog na ng insenso at nakasamba kay Buddha? (Oo.) Kung gayo'y ano ang layunin ng pagsusunog ng insenso at pagsamba kay Buddha? (Pagdarasal para sa kapayapaan.) Sa pag-iisip tungkol dito ngayon, hindi ba kakatwang manalangin kay Satanas para sa kapayapaan? Naghahatid ba ng kapayapaan si Satanas? (Hindi.) Hindi ba ninyo nakikita kung gaano kayo kamangmang noon? Ang ganoong uri ng pag-uugali ay kakatwa, mangmang at walang muwang, hindi ba? Ang inaalala lamang ni Satanas ay kung paano ka gagawing tiwali. Imposible kang mabigyan ni Satanas ng kapayapaan, pansamantalang kapahingahan lamang ang kayang ibigay nito. Ngunit upang makamit ang kapahingahang ito kailangan kang manumpa, at kung masira mo ang iyong pangako o ang iyong sinumpaang kay Satanas, saka mo makikita kung paano ka nito pahihirapan. Sa pagtulak sa iyo na manumpa, ang totoo ay gusto nitong kontrolin ka. Nang ipagdasal ninyong magkaroon ng kapayapaan, nagkamit ba kayo ng kapayapaan? (Hindi.) Hindi kayo nagkamit ng kapayapaan, kundi bagkus ay naghatid ng kamalasan at walang-katapusang mga kapahamakan ang inyong mga pagsisikap—tunay na isang walang-hangganang karagatan ng kapaitan. Walang kapayapaan sa teritoryo ni Satanas, at ito ang totoo. Ito ang bungang naidulot ng piyudal na pamahiin at tradisyunal na kultura sa sangkatauhan.

d. Paano Ginagamit ni Satanas ang mga Kalakarang Panlipunan Upang Gawing Tiwali ang Tao

Ang huling paraan na ginagawang tiwali at kinokontrol ni Satanas ang tao ay sa pamamagitan ng mga kalakaran sa lipunan. Ang mga kalakaran sa lipunan ay sumasaklaw sa maraming aspeto, kabilang na ang iba't ibang aspetong tulad ng pagsamba sa mga tanyag at kilalang mga tao, gayundin sa mga idolo sa pelikula at musika, pagsamba sa artista, mga online game, atbp.—ang lahat ng ito ay bahagi ng mga kalakaran sa lipunan, at hindi na kailangang idetalye pa iyon dito. Pag-uusapan lamang natin ang mga ideyang idinudulot ng mga kalakaran sa lipunan sa mga tao, kung paano kumikilos ang mga tao sa mundo dahil sa mga ito, at ang mga layunin at pananaw sa buhay na idinudulot ng mga ito sa mga tao. Napakahalaga ng mga ito; makokontrol at maiimpluwensyahan ng mga ito ang isipan at opinyon ng mga tao. Sunud-sunod ang paglitaw ng mga kalakarang ito, at lahat ng ito ay nagdadala ng masamang impluwensyang patuloy na nagpapasama sa sangkatauhan, na nagiging sanhi upang ang mga tao ay mawalan ng konsiyensya, pagkatao at katinuan, na lalo pang nagpapahina sa kanilang moralidad at kalidad ng kanilang ugali, hanggang sa masasabi pa natin na karamihan sa mga tao ngayon ay walang integridad, hindi makatao, at ni walang anumang konsiyensya, at lalong walang anumang katinuan. Kaya ano ang mga kalakarang ito sa lipunan? Ito ang mga kalakarang hindi mo makikita gamit ang karaniwang mata. Kapag lumalaganap ang isang bagong kalakaran sa mundo, marahil ay maliit na bilang lamang ng mga tao ang nangunguna, na gumaganap bilang mga tagapagpauso. Nagsisimula sila sa paggawa

ng isang bagay na bago, pagkatapos ay tinatanggap ang isang uri ng ideya o isang uri ng pananaw. Karamihan sa mga tao, gayunman, ay patuloy na mahahawa, maaakit, at mapapasama sa kalakarang ito nang wala silang kamalay-malay, hanggang sa tanggapin nilang lahat ito nang hindi nila alam at hindi sinasadya at malubog sila rito at makontrol nito. Sunud-sunod, ang mga kalakarang iyon ay nagiging sanhi upang ang mga tao, na hindi matino ang katawan at isipan, hindi nalalaman kung ano ang katotohanan, at hindi nakikilala ang kaibhan ng positibo sa negatibong mga bagay, ay masayang tanggapin ang mga ito gayundin ang mga pananaw at pagpapahalaga sa buhay na nagmumula kay Satanas. Tinatanggap nila kung ano ang sabihin sa kanila ni Satanas kung paano unawain ang buhay at ang paraan ng pamumuhay na “ipinagkakaloob” sa kanila ni Satanas, at wala silang lakas ni kakayahan, lalo pa ng kamalayan, na lumaban. Kaya paano ba makikilala ang gayong mga kalakaran? Nakapili Ako ng isang simpleng halimbawa na maaaring unti-unti ninyong maunawaan. Halimbawa, pinatakbo ng mga tao ang kanilang negosyo noong araw sa paraan na walang sinumang nadaya; nagbenta sila ng mga item sa parehong presyo kahit sino ang bumili. Hindi ba ipinapakita rito ang kaunting elemento ng konsiyensya at pagkamakatao? Kapag pinatakbo ng mga tao nang ganito ang kanilang negosyo, nang walang masamang layunin, makikita na mayroon pa rin silang kaunting konsiyensya at kaunting pagkamakatao noong panahong iyon. Ngunit dahil palaki nang palaki ang pangangailangan ng tao sa pera, walang kaalam-alam ang mga tao na lalo pa silang umibig sa pera, pakinabang, at kasiyahan. Hindi ba mas inuuna ng mga tao ang pera kaysa noon? Kapag ang tingin ng mga tao sa pera ay napakahalaga, wala silang kaalam-alam na hindi na nila gaanong pinahahalagahan ang kanilang reputasyon, kanilang katanyagan, kanilang magandang pangalan at kanilang integridad, hindi ba? Kapag nagnegosyo ka, nakikita mong yumayaman ang iba sa pandaraya sa mga tao. Bagama’t ang pera ay kinita sa masamang paraan, mas lalo pa silang yumayaman. Naiinis kang makita ang lahat ng tinatamasa ng buong pamilya nila: “Pareho kaming nagnenegosyo pero yumaman sila. Bakit hindi ako kumikita ng malaking pera? Hindi ko matatanggap ito—kailangan kong humanap ng paraan para kumita ng mas malaking pera.” Pagkatapos niyon, ang tanging iniisip mo ay kung paano ka yayaman. Kapag isinuko mo na ang paniniwala na “ang pera ay dapat kitain nang may konsiyensya, nang walang nilolokong sinuman,” kung gayon ay sa udyok ng sarili mong mga interes, unti-unting nagbabago ang iyong paraan ng pag-iisip, gayundin ang mga prinsipyo sa likod ng iyong mga kilos. Kapag dinaya mo ang isang tao sa unang pagkakataon, nadarama mo na kinokonsiyensa ka, at sinasabi sa iyo ng puso mo, “Kapag natapos na ito, ito na ang huling pagkakataon na mandaraya ako ng isang tao. Ang pandaraya sa mga tao sa tuwina ay mauuwi sa pagpaparusa!” Ito ang tungkulin ng konsiyensya ng tao—ang ipadama sa iyo ang pag-aatubili at pagsisihin ka, upang maging hindi natural ang pakiramdam kapag nandaraya ka ng isang tao. Ngunit matapos mong tagumpay na linlangin ang isang tao, nakikita mo na mas marami kang pera ngayon kaysa rati, at iniisip mo na maaaring maging napakalaki ng pakinabang ng

pamamaraang ito para sa iyo. Sa kabila ng kaunting kirot sa puso mo, parang gusto mo pa ring batiin ang sarili mo sa iyong tagumpay, at nasisiyahan ka nang kaunti sa iyong sarili. Sa unang pagkakataon, sinasang-ayunan mo ang sarili mong ugali, ang sarili mong mapanlinlang na mga paraan. Kapag kontaminado na ng pandarayang ito ang tao, kapareho ito ng isang taong nasangkot sa sugal at pagkatapos ay naging sugarol. Wala kang kamalay-malay, sinasang-ayunan mo ang sarili mong gawaing mandaya at tinatanggap ito. Wala kang kamalay-malay, iniisip mo na ang pandaraya ay isang lehitimong gawain sa pagnenegosyo at siyang pinakakapaki-pakinabang na kaparaanan sa iyong buhay at kabuhayan; iniisip mo na sa paggawa nito ay maaari kang yumaman kaagad. Ito ay isang proseso: Sa simula, hindi matatanggap ng mga tao ang ganitong uri ng pag-uugali at hinahamak nila ang ganitong pag-uugali at gawi. Pagkatapos ay sinisimulan nilang subukan mismo ang pag-uugaling ito, at sinusubukan ito sa sarili nilang paraan, at ang puso nila ay unti-unting nagbabago. Anong uri ng pagbabago ito? Ito ay isang pagsang-ayon at pagtanggap sa kalakarang ito, sa ideyang ito na ikinintal sa iyo ng kalakaran sa lipunan. Hindi mo namamalayan, kung hindi mo darayain ang mga tao sa pakikipagnegosyo sa kanila, pakiramdam mo ay nalulugi ka; kung hindi mo darayain ang mga tao, pakiramdam mo ay parang may nawala sa iyo. Hindi mo alam, ang pandarayang ito ay nagiging kaluluwa mo mismo, pangunahing sandigan mo, at isang uri ng pag-uugaling kailangang-kailangan na isang prinsipyo mo sa buhay. Matapos tanggapin ng tao ang ugali at pag-iisip na ito, hindi ba ito naghatid ng pagbabago sa puso niya? Nagbago na ang puso mo, kaya nagbago na rin ba ang integridad mo? Nagbago na ba ang pagkatao mo? Nagbago na ba ang konsiyensya mo? Nagbago na ang iyong buong pagkatao, mula sa puso mo hanggang sa isipan mo, mula sa loob hanggang sa labas, at malaking pagbabago ito. Ang pagbabagong ito ay mas lalo kang inilalayo sa Diyos, at mas lalo kang nagiging kaayon ni Satanas; mas lalo kang nagiging kapareho ni Satanas, na ang resulta ay ginagawa kang demonyo ng pagtitiwali ni Satanas.

Sa pagtingin sa mga kalakarang panlipunan na ito, masasabi ba ninyo na mayroon silang malaking impluwensya sa mga tao? Ang mga ito ba'y may matinding nakapipinsalang epekto sa mga tao? Mayroon nga silang napakatinding nakapipinsalang epekto sa mga tao. Sa anong mga aspeto ng tao ginagamit ni Satanas ang bawat isa sa mga kalakarang ito para gawin silang tiwali? Ginagawang tiwali ni Satanas higit sa lahat ang konsiyensya, diwa, pagkatao, moralidad, at mga pananaw sa buhay ng tao. At hindi ba unti-unting pinabababa at ginagawang tiwali ng mga kalakarang ito sa lipunan ang mga tao? Ginagamit ni Satanas ang mga kalakarang panlipunan na ito upang dahan-dahang akitin ang mga tao sa pugad ng mga diablo, sa gayon ang mga taong naipit sa mga kalakarang panlipunan ay walang kamalayang nanghihikayat sa pagnanasa para sa salapi at materyal, at sa kasamaan at karahasan. Sa sandaling ang mga bagay na ito ay makapasok sa puso ng tao, nagiging ano kung gayon ang tao? Ang tao ay nagiging ang diablong si Satanas! Bakit? Ito ay dahil sa anong sikolohikal na pagkahilig

sa puso ng tao? Ano ang itinataguyod ng tao? Nagsisimulang magustuhan ng tao ang kasamaan at karahasan, na hindi nagpapakita ng anumang pagmamahal sa kagandahan at kabutihan, lalo na sa kapayapaan. Hindi nakahandang isabuhay ng tao ang simpleng buhay ng normal na pagkatao, sa halip nais na tamasahin ang mataas na katayuan at malaking kayamanan, ang magpakasaya sa mga pagnanasa ng laman, na hindi nag-aatubiling bigyang-kasiyahan ang sarili nilang laman, nang walang mga paghihigpit, walang mga gapos na pipigil sa kanila; sa madaling salita, ginagawa ang anumang naisin nila. Kaya kapag ang tao ay nalubog sa ganitong mga uri ng mga kalakaran, makatutulong ba ang kaalaman na natutuhan mo upang palayain mo ang iyong sarili? Makatutulong ba sa iyo ang iyong pagkaunawa sa mga tradisyunal na kultura at mga pamahiin upang makatakas sa kakila-kilabot na kalagayang ito? Makatutulong ba sa kanila ang tradisyunal na moralidad at tradisyunal na seremonya na nauunawaan ng tao na magsanay ng pagpipigil? Gawin nating halimbawa ang mga Analect at ang Tao Te Ching. Matutulungan ba ng mga ito ang mga tao na iahon ang kanilang mga paa mula sa putikan ng masasamang ito? Talagang hindi. Sa ganitong paraan, ang tao ay nagiging higit na mas masama, mayabang, mapagmataas, makasarili, at malisyoso. Wala nang anumang pagmamahal sa pagitan ng mga tao, wala nang anumang pagmamahal sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya, wala nang anumang pagkakaunawaan sa mga magkakamag-anak at magkakaibigan; ang mga ugnayang pantao ay puno ng karahasan. Nais gamitin ng bawat isang tao ang mararahas na pamamaraan upang mabuhay sa gitna ng kanilang kapwa tao; sinasamsam nila ang sarili nilang kabuhayan gamit ang karahasan; nakakamit nila ang kanilang mga posisyon at ang kanilang mga kita gamit ang karahasan, at ginagawa nila ang anumang naisin nila gamit ang mararahas at masasamang paraan. Hindi ba nakakatakot ang ganitong sangkatauhan? Totoo, lubhang nakakatakot: Hindi lamang nila ipinako ang Diyos sa krus, kundi papatayin din ang lahat ng sumusunod sa Kanya—dahil napakasama ng tao. Pagkarinig sa lahat ng bagay na ito na kasasabi Ko lamang, hindi ba ninyo naisip na nakakatakot na mamuhay sa kapaligirang ito, sa mundong ito, at sa gitna ng mga ganitong uri ng mga tao, kung saan ginagawang tiwali ni Satanas ang sangkatauhan? (Oo.) Kaya naramdaman na ba ninyo kailanman na kahabag-habag ang inyong mga sarili? Nararamdaman na dapat ninyo ito ngayon nang bahagya, hindi ba? (Oo.) Kung didinggin ang inyong tono, tila iniisip ninyo na “ginagamit ni Satanas ang napakaraming iba’t ibang paraan upang gawing tiwali ang tao. Sinusunggaban nito ang bawat pagkakataon at nasa lahat ng dako na ating binabalingan. Makaliligtas pa ba ang tao?” Makaliligtas pa ba ang tao? Maililigtas ba ng tao ang kanilang sarili? (Hindi.) Maililigtas ba ni Emperador Jade ang tao? Maililigtas ba ni Confucious ang tao? Maililigtas ba ni Guanyin Bodhisattva ang tao? (Hindi.) Kaya sino ang makakapagligtas sa tao? (Ang Diyos.) Ang ilang tao, gayunman, ay itataas sa kanilang puso ang mga tanong na gaya ng: “Pinipinsala tayo ni Satanas nang napakarahas, sa paraang napakabangis, na wala na tayong pag-asang mabuhay, ni anumang pagtitiwalang maaari tayong mabuhay. Tayong lahat ay nabubuhay sa gitna

ng katiwalian at lumalaban ang bawat isang tao sa Diyos, at ang ating mga puso ay nanlamig nang husto ngayon. Kaya habang tayo ay ginagawang tiwali ni Satanas, nasaan ang Diyos? Ano ang ginagawa ng Diyos? Anuman ang ginagawa ng Diyos para sa atin hindi natin nararamdaman ito!” Hindi maiiwasang manlumo ng ilang tao at panghinaan ng loob. Sa inyo, ang pakiramdam na ito ay napakatindi sapagkat lahat ng Aking sinasabi ay upang unti-unting ipaunawa sa mga tao, upang lalo pang mas maramdaman na sila ay walang pag-asa, upang lalo pang mas maramdaman na sila ay tinalikdan ng Diyos. Subalit huwag mag-alala. Ang paksa ng ating pagbabahagi para sa araw na ito, “ang kasamaan ni Satanas,” ay hindi siyang ating totoong tema. Upang pag-usapan ang tungkol sa diwa ng kabanalan ng Diyos, dapat muna nating pag-usapan kung paano ginagawang tiwali ni Satanas ang tao at ang kasamaan ni Satanas upang mas maging malinaw sa mga tao kung anong uri ng kondisyon ang kinaroroonan ng tao ngayon. Ang isang layunin ng pag-uusap tungkol dito ay upang ipaalam sa mga tao ang kasamaan ni Satanas, habang ang isa pa ay upang ipaunawa nang husto sa mga tao kung ano ang tunay na kabanalan.

Hindi ba’t mas detalyado Akong nagsalita tungkol sa mga bagay na ito na katatalakay pa lamang natin kaysa noong nakaraan? Ang pagkaunawa ba ninyo ngayon ay medyo mas malalim na? (Oo.) Alam Ko na maraming tao ngayon ang umaasang sasabihin Ko kung ano ba talaga ang kabanalan ng Diyos, subalit habang nagsasalita Ako tungkol sa kabanalan ng Diyos tatalakayin Ko muna ang tungkol sa mga gawain na ginagampanan ng Diyos. Lahat kayo ay dapat makinig nang mabuti. Pagkatapos ay tatanungin Ko kayo kung ano ba talaga ang kabanalan ng Diyos. Hindi Ko sasabihin sa inyo nang tuwiran, sa halip hahayaan Ko kayong subukan na alamin ito; bibigyan Ko kayo ng pagkakataong alamin ito. Ano ang palagay ninyo sa paraang ito? (Ito’y mabuti.) Kaya makinig nang maigi habang nagpapatuloy Ako.

Pag-unawa sa Kabanalan ng Diyos sa Pamamagitan ng Kung Ano ang Ginagawa Niya sa Tao

Tuwing ginagawang tiwali ni Satanas ang tao o nagbibigay ng di-mapigilang pamiminsala, ang Diyos ay hindi nagsasawalang-kibo, ni hindi rin Siya nagwawalang-bahala o nagbubulag-bulagan doon sa Kanyang mga hinirang. Lahat ng ginagawa ni Satanas ay nauunawaan ng Diyos nang may ganap na kalinawan. Anuman ang gawin ni Satanas, anumang kalakaran ang pinalilitaw nito, nalalaman ng Diyos ang lahat ng sinusubukang gawin ni Satanas, at hindi isinusuko ng Diyos ang Kanyang mga hinirang. Sa halip, ginagawa ng Diyos nang hindi makatawag-pansin—palihim, tahimik—ang lahat ng kinakailangan. Kapag nagsisimulang gumawa ang Diyos sa isang tao, kapag napili Niya ang isang tao, hindi Niya ito ibinabalita kaninuman, ni hindi Niya ito ipinahahayag kay Satanas, lalo nang hindi Siya gumagawa ng anumang maringal na paggalaw. Napakatahimik at napakasimple lamang Niyang ginagawa ang kinakailangan. Una, pumipili Siya ng isang pamilya para sa iyo; ang pinagmulan ng iyong pamilya, ang iyong

mga magulang, ang iyong mga ninuno—lahat ng ito ay maagang pinagpapasiyahan ng Diyos. Sa madaling salita, hindi ginagawa ng Diyos ang mga pagpapasiyang ito nang padalus-dalos, sa halip, matagal na Niyang sinimulan ang gawaing ito. Kapag nakapili na ang Diyos ng isang pamilya para sa iyo, pinipili naman Niya ang petsa kung kailan ka isisilang. Pagkatapos, nanonood ang Diyos habang isinisilang kang umiiyak sa mundo. Pinapanood Niya ang iyong pagsilang, nanonood Siya habang binibigkas mo ang iyong unang mga salita, nanonood habang nadadapa ka at humahakbang ng mga una mong hakbang habang nag-aaral kang maglakad. Una'y humahakbang ka ng isa at pagkatapos ay isa pa—at ngayon ay nakakatakbo ka na, nakakatalon, nakakapagsalita, at nakakapagpahayag ng iyong mga damdamin.... Habang lumalaki ang mga tao, nakapako ang titig ni Satanas sa bawat isa sa kanila, kagaya ng isang tigreng nakamasid sa bibiktimahin nito. Ngunit sa paggawa ng Kanyang gawain, hindi kailanman napailalim ang Diyos sa anumang mga limitasyong nagmumula sa mga tao, pangyayari o bagay-bagay, ng espasyo o panahon; ginagawa Niya kung ano ang dapat at kailangan Niyang gawin. Sa proseso ng paglaki, maaari kang makasagupa ng maraming bagay na hindi mo gusto, gaya ng karamdaman at kabiguan. Ngunit habang lumalakad ka sa landas na ito, ang iyong buhay at ang iyong kinabukasan ay nasa mahigpit na pangangalaga ng Diyos. Binibigyan ka ng Diyos ng isang tunay na garantiya na magtatagal sa buong buhay mo, sapagkat Siya ay nasa tabi mo, binabantayan ka at inaalagaan. Lumalaki ka nang hindi ito namamalayan. Nagsisimula kang makipag-ugnayan sa mga bagay na bago at unti-unti mong nakikilala ang mundong ito at ang sangkatauhang ito. Lahat ay sariwa at bago sa iyo. Mayroon kang ilang bagay na gustung-gusto mong gawin. Namumuhay ka ayon sa sarili mong pagkatao, namumuhay ka sa loob ng sarili mong espasyo at wala ka ni katiting na pagkaintindi tungkol sa pag-iral ng Diyos. Ngunit pinanonood ng Diyos ang bawat hakbang mo habang lumalaki ka, at pinanonood Niya ang bawat hakbang mo pasulong. Kahit habang natututo ng kaalaman, o nag-aaral ng siyensya, hindi kailanman umalis ang Diyos sa iyong tabi kahit isang hakbang. Kapareho mo lamang ang ibang mga tao dahil, habang kinikilala mo ang mundo at nakikilahok ka rito, nakapagtatag ka ng sarili mong mga mithiin, mayroon kang sarili mong mga libangan, sarili mong mga interes, at nagkikimkim ka rin ng matatayog na ambisyon. Madalas mong pagnilayan ang sarili mong kinabukasan, madalas mong iguhit ang balangkas kung paano dapat ang hitsura ng iyong kinabukasan. Ngunit anuman ang mangyari habang daan, malinaw na nakikita ng Diyos ang lahat ng ito. Marahil ay nalimutan mo na mismo ang sarili mong nakaraan, ngunit sa Diyos, walang sinumang makauunawa sa iyo nang higit kaysa sa Kanya. Nabubuhay ka sa ilalim ng mga mata ng Diyos, lumalaki, nagkakagulang. Sa panahong ito, ang pinakamahalagang gawain ng Diyos ay isang bagay na walang sinumang nakauunawa kailanman, isang bagay na walang sinumang nakaaalam. Tiyak na hindi sinasabi ng Diyos kaninuman ang tungkol dito. Kaya ano nga ba ang napakahalagang bagay na ito? Masasabi na ito ang garantiya na liligtas ng Diyos ang isang tao. Nangangahulugan ito na kung nais ng Diyos na iligtas

ang taong ito, kailangan Niyang gawin ito. Napakahalaga ng gawaing kapwa sa tao at sa Diyos. Alam ba ninyo kung ano ito? Parang wala kayong nadaramang anuman tungkol dito, o anumang konsepto nito, kaya sasabihin Ko sa inyo. Mula nang isilang ka hanggang sa ngayon, nakapagsagawa ang Diyos ng malaking gawain sa iyo, ngunit hindi ka Niya binibigyan ng detalyadong salaysay ng lahat ng bagay na Kanyang nagawa. Hindi ka pinahintulutan ng Diyos na malaman ito, at ni hindi rin Niya sinabi sa iyo. Gayunman, para sa sangkatauhan, lahat ng Kanyang ginagawa ay mahalaga. Para sa Diyos, ito ay isang bagay na kailangan Niyang gawin. Sa Kanyang puso may isang mahalagang bagay na kailangan Niyang gawin na lubhang nakahihigit sa anuman sa mga bagay na ito. Ibig sabihin, mula nang isilang ang isang tao hanggang sa araw na ito, kailangang garantiyahan ng Diyos ang kaligtasan nila. Kapag naririnig ninyo ang mga salitang ito, maaaring madama ninyo na para bang hindi ninyo ito lubos na nauunawaan. Maaari ninyong itanong “Napakahalaga ba ng kaligtasang ito?” Ano ba ang literal na kahulugan ng “kaligtasan”? Ang pagkaunawa siguro ninyo rito ay kapayapaan o ang pagkaunawa siguro ninyo rito ay hindi pagdanas kailanman ng anumang sakuna o kalamidad, ang mamuhay nang maayos, ang mamuhay ng isang normal na buhay. Ngunit sa inyong puso, kailangan ninyong malaman na hindi ito gayon kasimple. Kaya ano ba talaga ang bagay na ito na tinutukoy Ko, na kailangang gawin ng Diyos? Ano ba ang kahulugan ng kaligtasan para sa Diyos? Ito ba talaga ay isang garantiya ng normal na kahulugan ng “kaligtasan”? Hindi. Kaya ano ang ginagawa ng Diyos? Ang “kaligtasang” ito ay nangangahulugan na hindi ka lalamunin ni Satanas. Mahalaga ba ito? Hindi ka lalamunin ni Satanas—may kinalaman ba ito sa iyong kaligtasan o wala? Oo, may kinalaman ito sa iyong personal na kaligtasan, at walang anumang bagay ang mas mahalaga. Kapag nalamon ka ni Satanas, hindi na pag-aari ng Diyos ang iyong kaluluwa at katawan. Hindi ka na ililigtas ng Diyos. Tinatalikuran ng Diyos ang mga kaluluwa at mga taong nalamon na ni Satanas. Kaya sinasabi Ko na ang pinakamahalagang bagay na kailangang gawin ng Diyos ay ang garantiyahan ang kaligtasan mong ito, garantiyahan na hindi ka malalamon ni Satanas. Napakahalaga nito, hindi ba? Kaya bakit hindi kayo makasagot? Tila hindi ninyo nadarama ang malaking kabaitan ng Diyos!

Mas marami pang ginagawa ang Diyos maliban sa paggarantiya sa kaligtasan ng mga tao, paggarantiya na hindi sila lalamunin ni Satanas. Marami rin Siyang ginagawa sa paghahanda bago piliin at iligtas ang isang tao. Una, gumagawa ang Diyos ng maingat na paghahanda tungkol sa uri ng pagkatao na magkakaroon ka, sa anong uri ng pamilya ka ipapanganak, sinu-sino ang magiging mga magulang mo, kung ilang magkakapatid kayo, at ano ang sitwasyon, katayuang pangkabuhayan, at mga kondisyon ng pamilya kung saan ka ipinanganak. Alam ba ninyo kung sa anong uri ng pamilya ipinapanganak ang karamihan ng hinirang na bayan ng Diyos? Ang mga ito ba’y mga kilalang pamilya? Hindi natin masasabi nang tiyakan na walang ipinapanganak sa mga kilalang pamilya. Maaaring may ilan, ngunit sila ay napakakaunti. Sila ba’y

ipinapanganak sa mga pamilya na may pambihirang kayamanan, mga pamilya ng mga bilyonaryo o mga multi-milyonaryo? Hindi, sila ay halos hindi kailanman ipinapanganak sa ganitong uri ng pamilya. Kung gayon, anong uri ng pamilya ang inihahanda ng Diyos para sa karamihan ng mga taong ito? (Mga pangkaraniwang pamilya.) Kaya aling mga pamilya ang maituturing na “mga pangkaraniwang pamilya”? Kasama sa mga ito ang mga pamilya ng manggagawa—iyon ay, iyong umaasa sa sahod para mabuhay, makakayanang bilhin ang mga pangunahing pangangailangan, at hindi labis na may kaya; kasama rin ang mga pamilyang nagsasaka. Ang mga magsasaka ay umaasa sa pagtatanim para sa kanilang pagkain, mayroon silang butil na makakain at mga kasuotan, at hindi nagugutom o nilalamig. Pagkatapos ay may ilang pamilya na nagpapatakbo ng maliliit na negosyo, at ilan na kung saan ang mga magulang ay matatalinong tao, at ang mga ito ay maituturing din bilang mga pangkaraniwang pamilya. Mayroon ding ilang magulang na mga manggagawa sa opisina o nakabababang opisyal ng pamahalaan, na hindi rin maaaring ituring na kaanib ng mga kilalang pamilya. Mas marami ang ipinanganak sa mga pangkaraniwang pamilya, at lahat ng ito ay isinaayos ng Diyos. Na ang ibig sabihin, una sa lahat, ang kapaligirang ito na tinitirhan mo ay hindi ang pamilyang may malaking kayamanan na maaaring isipin ng mga tao, at ito ay pamilya na ipinasya para sa iyo ng Diyos, at ang karamihan ng mga tao ay mamumuhay sa loob ng mga hangganan ng ganitong uri ng pamilya. Paano naman kaya ang tungkol sa katayuan sa lipunan? Ang mga kondisyong pangkabuhayan ng karamihan sa mga magulang ay pangkaraniwan at wala silang mataas na katayuan sa lipunan—mabuti para sa kanila ang magkaroon na lang ng isang trabaho. Kasama ba sa kanila ang mga gobernador? O mga presidente ng bansa? Hindi naman, hindi ba? Sa karamihan sila ay mga taong tulad ng mga tagapangasiwa o may-ari ng maliliit na negosyo. Ang kanilang katayuan sa lipunan ay katamtaman, at ang kanilang mga kondisyong pangkabuhayan ay pangkaraniwan. Ang isa pang salik ay ang tinitirhang kapaligiran ng pamilya. Una sa lahat, walang mga magulang sa mga pamilyang ito ang malinaw na iimpluwensyahan ang kanilang mga anak na lakaran ang landas ng panghuhula; kakaunti ang nakikisangkot sa mga gayong bagay. Karamihan sa mga magulang ay lubhang normal. Itinatatag ng Diyos ang ganitong uri ng kapaligiran para sa mga tao kasabay ng pagpili sa kanila, na lubhang kapaki-pakinabang sa Kanyang gawain ng pagliligtas sa mga tao. Kung hindi susuriing mabuti, tila ang Diyos ay walang nagawang nakayayanig para sa tao; ginagawa lamang Niya ang lahat ng bagay nang palihim, nang mapagpakumbaba at nang tahimik. Ngunit sa katunayan, lahat ng ginagawa ng Diyos ay ginagawa upang maglatag ng isang saligan para sa iyong kaligtasan, upang ihanda ang daang tatahakin at lahat ng kinakailangang mga kondisyon para sa iyong kaligtasan. Kasunod nito, ibinabalik ng Diyos ang bawat tao sa harapan Niya, bawat isa sa isang tiyak na oras: Sa oras na iyon mo maririnig ang tinig ng Diyos; sa oras na iyon lalapit ka sa harapan Niya. Sa oras na mangyari ito, ang ilan ay naging magulang na rin mismo, samantalang ang iba ay anak pa rin ng iba. Sa madaling salita, may ilang tao ang nakapag-asawa at

nagkaanak na samantalang ang iba ay nanatiling wala pa ring asawa, hindi pa nakapagsisimula ng kanilang sariling mga pamilya. Ngunit maging anuman ang mga sitwasyon ng mga tao, naitakda na ng Diyos ang mga panahon kung kailan ka mapipili at kung kailan makakaabot sa iyo ang Kanyang ebanghelyo at mga salita. Naitakda na ng Diyos ang mga kalagayan, napagpasiyahan na ang isang partikular na tao o ang isang partikular na konteksto na sa pamamagitan noon ay maipapasa ang ebanghelyo sa iyo, upang marinig mo ang mga salita ng Diyos. Naihanda na ng Diyos para sa iyo ang lahat ng kinakailangang mga kondisyon. Sa ganitong paraan, bagama't hindi namamalayan ng tao na ito'y nangyayari, makakarating sa harapan Niya ang tao at makakabalik sa pamilya ng Diyos. Sumusunod rin sa Diyos ang tao nang hindi nito namamalayan at pumapasok sa bawat hakbang ng pamamaraan ng gawain ng Diyos na Kanyang inihanda para sa tao. Anu-anong uri ng mga pamamaraan ang ginagamit ng Diyos kapag gumagawa Siya ng mga bagay para sa tao sa panahong ito? Una, ang pinakamaliit sa lahat ay ang pag-aaruga at pangangalaga na tinatamasa ng tao. Bukod dito, itinatakda ng Diyos ang iba't ibang mga tao, mga pangyayari, at mga bagay upang makita ng tao ang Kanyang pag-iral at ang Kanyang mga gawa sa pamamagitan nila. Halimbawa, may ilang tao na naniniwala sa Diyos sapagkat may isang tao sa kanilang pamilya na may sakit. Kapag ipinangaral ang ebanghelyo sa kanila ng iba, nagsisimula silang maniwala sa Diyos, at ang paniniwalang ito sa Diyos ay nangyari dahil sa sitwasyon. Kaya sino ang nagsaayos ng sitwasyong ito? (Ang Diyos.) Sa pamamagitan ng karamdamang ito, may ilang pamilya kung saan lahat ay mananampalataya, habang may mga pamilya kung saan ilan lamang ang nananampalataya. Sa panlabas, tila ang isang tao sa iyong pamilya ay may karamdaman, ngunit ang totoo ito'y isang kalagayan na ipinagkaloob sa iyo upang ikaw ay lumapit sa Diyos—ito ang kabutihan ng Diyos. Dahil ang buhay may-pamilya ng ilang tao ay mahirap at hindi sila makahanap ng kapayapaan, ang isang pagkakataon ay dumarating—may isang taong magbabahagi ng ebanghelyo at nagsasabing, “Sumampalataya sa Panginoong Jesus at magkakaroon ka ng kapayapaan.” Hindi namamalayan, sila ay naniniwala sa Diyos sa ilalim ng likas na mga pangyayari, kung kaya't hindi ba ito isang uri ng kondisyon? At hindi ba ang kawalan ng kapayapaan ng kanilang pamilya ay isang biyaya na ibinigay sa kanila ng Diyos? May ilan ding naniniwala sa Diyos dahil sa ibang mga kadahilanan. Mayroong iba't ibang dahilan at iba't ibang paraan ng paniniwala, ngunit anuman ang dahilan na nagdala sa iyo sa paniniwala sa Kanya, lahat ng ito ay talagang isinaayos at ginabayan ng Diyos. Sa una, ginagamit ng Diyos ang iba't ibang paraan upang piliin ka at dalhin ka sa Kanyang pamilya. Ito ang biyaya ng Diyos na ipinagkakaloob sa bawat isang tao.

Sa kasalukuyang yugto ng gawain ng Diyos sa mga huling araw na ito, hindi na Niya basta iginagawad ang biyaya at mga pagpapala sa tao tulad ng ginawa Niya dati, ni sinusuyo Niya ang tao na sumulong. Sa yugtong ito ng gawain, ano ang nakita ng tao mula sa lahat ng aspeto ng gawain ng Diyos na naranasan nila? Nakita ng tao ang pag-ibig ng Diyos at ang paghatol at pagkastigo ng Diyos. Sa panahong ito, pinaglalaanan,

sinusuportahan, nililiwanagan at ginagabayan ng Diyos ang tao, nang sa gayon ay unti-unti niyang nalalaman ang Kanyang mga intensyon, nalalaman ang mga salita na sinasabi Niya at ang katotohanang iginagawad Niya sa tao. Kapag ang tao ay nanghihina, kapag sila ay nasisiraan ng loob, kapag wala silang mabalingan, gagamitin ng Diyos ang Kanyang mga salita upang aliwin, payuhan at pasiglahin ang tao, upang ang mababang tayog ng tao ay unti-unting lumakas, tumaas ang pagkapositibo at maging handang makipagtulungan sa Diyos. Ngunit kapag sinusuway ng tao ang Diyos o nilalabanan Siya, o kapag ipinapakita ng tao ang kanilang katiwalian, hindi magpapakita ng awa ang Diyos sa pagtutuwid at sa pagdidisiplina sa tao. Ngunit magpapakita ang Diyos ng pagpaparaya at pagtitiyaga sa kahangalan, kamangmangan, kahinaan at pagiging kulang sa gulang ng tao. Sa ganitong paraan, sa pamamagitan ng lahat ng gawain na ginagawa ng Diyos para sa tao, ang tao ay unti-unting nagkakagulang, lumalago, at nalalaman ang mga intensyon ng Diyos, nalalaman ang ilang katotohanan, nalalaman kung aling mga bagay ang positibo at alin ang negatibo, nalalaman kung ano ang kasamaan at ano ang kadiliman. Ang Diyos ay hindi palaging nagtutuwid at nagdidisiplina ng tao sa isang paraan lamang, ni palaging nagpapakita ng pagpaparaya at pagtitiyaga. Sa halip, tinutustusan Niya ang bawat tao sa iba't ibang paraan, sa kanilang magkakaibang kalagayan at ayon sa kanilang magkakaibang tayog at kakayahan. Ginagawa Niya ang maraming bagay para sa tao at nang may malaking sakripisyo; walang napapansin ang tao sa mga bagay na ito o sa sakripisyo, gayunman lahat ng ginagawa Niya sa realidad ay natutupad sa bawat isang tao. Ang pag-ibig ng Diyos ay praktikal: Sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, naiiwasan ng tao ang sunud-sunod na mga sakuna, habang paulit-ulit na ipinapakita ng Diyos ang Kanyang pagpapaubaya sa mga kahinaan ng tao. Ang paghatol at pagkastigo ng Diyos ay nagbibigay-daan upang unti-unting makilala ng mga tao ang katiwalian at satanikong diwa ng sangkatauhan. Iyong ipinagkakaloob ng Diyos, ang Kanyang pagbibigay kaliwanagan sa tao at ang Kanyang paggabay ay nagbibigay-daan sa sangkatauhan upang higit pa lalong makilala ang diwa ng katotohanan, at patuloy na malaman kung ano ang kinakailangan ng mga tao, kung anong daan ang dapat nilang tahakin, para sa ano ang kanilang pamumuhay, ang kahalagahan at kahulugan ng kanilang mga buhay, at kung paano lumakad sa daang tatahakin. Lahat ng bagay na ito na ginagawa ng Diyos ay hindi maihihiwalay mula sa Kanyang orihinal na layunin. Ano, kung gayon, ang layuning ito? Bakit ginagamit ng Diyos ang mga paraang ito upang isagawa ang Kanyang gawain sa tao? Anong resulta ang nais Niyang makamit? Sa madaling salita, ano ang nais Niyang makita sa tao? Ano ang nais Niyang makuha mula sa kanila? Ang nais na makita ng Diyos ay na maaaring mapasiglang muli ang puso ng tao. Ang mga paraang ito na ginagamit Niya upang gumawa sa tao ay isang patuloy na pagsisikap na gisingin ang puso ng tao, gisingin ang espiritu ng tao, bigyang-kakayahan ang tao na maunawaan kung saan sila nanggaling, sino ang gumagabay, sumusuporta, at nagkakaloob sa kanila, at kung sino ang nagpahintulot sa tao na mabuhay hanggang sa ngayon; ang mga ito ay paraan upang bigyang-kakayahan ang

tao na maunawaan kung sino ang Lumikha, na Siyang dapat nilang sambahin, kung anong uri ng daan ang dapat nilang lakaran, at sa anong paraan dapat lumapit ang tao sa harapan ng Diyos; ang mga ito ay paraan upang unti-unting pasiglahin ang puso ng tao, upang makilala ng tao ang puso ng Diyos, maunawaan ang puso ng Diyos, at maintindihan ang matinding pangangalaga at paglingap na nasa likod ng Kanyang gawain na iligtas ang tao. Kapag napasigla na ang puso ng tao, hindi na niya nais pang mabuhay na may masama at tiwaling disposisyon, kundi sa halip ay nais hanapin ang katotohanan upang palugurin ang Diyos. Kapag ang puso ng tao ay nagising na, nakakaya na ng tao na ihiwalay ang kanilang sarili nang lubusan kay Satanas. Hindi na sila mapipinsala pa ni Satanas, hindi na muling kokontrolin o lilinlangin nito. Sa halip, ang tao ay maaaring maagap na makipagtulungan sa gawain ng Diyos at sa Kanyang mga salita upang bigyang-kasiyahan ang puso ng Diyos, sa gayon ay nakakamit ang pagkatakot sa Diyos at ang paglayo sa kasamaan. Ito ang orihinal na layunin ng gawain ng Diyos.

Pinadama sa bawat tao ng katatalakay lamang natin ngayon tungkol sa kasamaan ni Satanas na ang tao ay tila ba namumuhay nang napakalungkot at ang buhay ng tao ay puno ng kasawian. Ngunit ano ang pakiramdam ninyo ngayong tinatalakay Ko ang tungkol sa kabanalan ng Diyos at ang gawain na Kanyang isinasagawa sa tao? (Napakasaya.) Nakikita natin ngayon na lahat ng ginagawa ng Diyos, lahat ng Kanyang pinaghihirapang isaayos para sa tao ay busilak. Walang mali sa lahat ng ginagawa ng Diyos, nangangahulugang ito ay walang depekto, hindi nangangailangang iwasto, bigyang payo o gawan ng anumang pagbabago. Lahat ng ginagawa ng Diyos para sa bawat isang tao ay hindi mapag-aalinlanganan; inaakay Niya ang bawat isa, sinusubaybayan ka sa bawat sandali at kailanma'y hindi umalis sa iyong tabi. Habang ang mga tao ay lumalaki sa ganitong uri ng kapaligiran at sa ganitong uri ng karanasan, masasabi ba natin na ang mga tao sa katunayan ay lumalaki sa palad ng kamay ng Diyos? (Oo.) Kaya ngayon nakakadama pa ba kayo ng kawalan? Mayroon bang sinumang nakakaramdam pa ng panlulumo? Nadarama ba ng sinuman na tinalikdan ng Diyos ang sangkatauhan? (Hindi.) Kaya ano ba talaga kung gayon ang nagawa ng Diyos? (Binantayan Niya ang sangkatauhan.) Ang matinding paglingap at pangangalaga na nasa likod ng lahat ng ginagawa ng Diyos ay hindi mapagdududahan. Idagdag pa rito, habang isinasakatuparan ng Diyos ang Kanyang gawain, kailanman wala Siyang inilatag na anumang kondisyon. Hindi Niya kailanman hiningi sa sinuman sa inyo na malaman ang Kanyang isinasakripisyo para sa inyo, upang kayo ay makaramdam ng taos-pusong pasasalamat sa Kanya. Hiningi na ba ng Diyos ito sa inyo kailanman? (Hindi.) Sa mahabang kabuuan ng buhay ng tao, halos bawat isang tao ay nakasagupa na ng maraming mapanganib na sitwasyon at sumailalim na sa maraming tukso. Ito'y dahil si Satanas ay nandoon mismo sa tabi mo, ang mga mata nito ay palaging nakatuon sa iyo. Kapag ang kapahamakan ay dumarating sa iyo, nagagalak si Satanas dito, kapag sumasapit sa iyo ang mga kalamidad, kapag walang mabuting nangyayari sa iyo, kapag

ikaw ay napupulupot sa sapot ni Satanang, tuwang-tuwa si Satanang sa mga bagay na ito. Tungkol naman sa ginagawa ng Diyos, palagi ka Niyang pinapangalagaan, inilalayo ka Niya sa sunud-sunod na kasawian at sa sunud-sunod na kapahamakan. Ito ang dahilan kung bakit sinasabi Ko na lahat ng mayroon ang tao—kapayapaan at kasiyahan, mga pagpapala at personal na kaligtasan—sa totoo lang ay nasa ilalim lahat ng kontrol ng Diyos; ginagabayan Niya at pinagpapasiyahan ang kapalaran ng bawat isang tao. Subalit ang Diyos ba ay may napalaking kuru-kuro sa Kanyang posisyon, gaya ng sinasabi ng ilang tao? Sinasabi ba Niya sa iyo, “Ako ang pinakadakila sa lahat. Ako ang namamahala sa inyo. Kayong lahat ay dapat magmakaawa sa Akin, at ang pagsuway ay paparusahan ng kamatayan”? Tinakot na ba kailanman ng Diyos ang sangkatauhan sa ganitong paraan? (Hindi.) Kailanman ba’y sinabi Niya, “Ang sangkatauhan ay tiwali kaya hindi mahalaga kung paano Ko man sila tratuhin, anumang pagtrato ay maaari; hindi Ko kinakailangang isaayos nang maigi ang mga bagay para sa kanila”? Ganito ba mag-isip ang Diyos? Kumilos na ba ang Diyos sa ganitong paraan? (Hindi.) Bagkus, ang pagtrato ng Diyos sa bawat isang tao ay marubdob at responsable. Mas responsable pa kaysa sa pagtrato mo sa iyong sarili ang Kanyang pagtrato sa iyo. Hindi nga ba? Ang Diyos ay hindi basta na lang nagsasalita, ni hindi rin Niya ipinagmamalaki ang Kanyang mataas na kalagayan o pabirong nanloloko sa mga tao. Sa halip ginagawa Niya nang tapat at tahimik ang mga bagay na kinakailangan Niya Mismong gawin. Ang mga bagay na ito ay nagdudulot ng mga pagpapala, kapayapaan at kagalakan sa tao. Dinadala ng mga ito ang tao nang mapayapa at matiwasay sa paningin ng Diyos at sa Kanyang pamilya; pagkatapos ay nabubuhay sila sa harap ng Diyos at tinatanggap ang pagliligtas ng Diyos nang may normal na pangangatwiran at pag-iisip. Kaya ang Diyos ba kailanman ay naging mapanlinlang na sa tao sa Kanyang gawain? Nagpakita na ba Siya kailanman ng huwad na pagpapakita ng kabaitan, niloloko muna ang tao gamit ang ilang pagbati, pagkatapos ay tatalikuran Niya ito? (Hindi.) Kailanman ba’y nagsabi ang Diyos ng isang bagay at pagkatapos ay iba ang ginawa? Ang Diyos ba ay nagbigay kailanman ng hungkag na mga pangako at nagyabang, na sinasabi sa mga taong maaari Niyang gawin ito para sa kanila o tutulungan silang gawin iyon, at pagkatapos ay biglang nawala? (Hindi.) Walang panlilinlang sa Diyos, walang kasinungalingan. Ang Diyos ay tapat at lahat ng Kanyang ginagawa ay totoo. Siya lamang ang Isa na maaasahan ng tao; Siya ang Diyos na maaaring pagkatiwalaan ng mga tao ng kanilang mga buhay at ng lahat sa kanila. Dahil walang panlilinlang sa Diyos, masasabi ba natin na ang Diyos ang pinakadalisay? (Oo.) Mangyari pa! Bagaman ang salitang “dalisay” ay labis na mahina, labis na pantao kapag ginamit sa Diyos, ano pa ang ibang salita na maaari nating gamitin? Ganyan talaga ang mga limitasyon ng wika ng tao. Bagama’t hindi gaanong angkop na tawaging “dalisay” ang Diyos, pansamantala pa rin nating gagamitin ang salitang ito. Ang Diyos ay tapat at dalisay. Kaya ano ang ibig nating sabihin sa pagtalakay tungkol sa mga aspetong ito? Tinutukoy ba natin ang mga pagkakaiba sa pagitan ng Diyos at ng tao at ang mga pagkakaiba sa pagitan ng Diyos at ni Satanang?

Oo, masasabi natin iyan. Ito ay sapagkat hindi makikita ng tao sa Diyos kahit ang isa mang bakas ng tiwaling disposisyon ni Satanas. Tama ba Ako sa pagsasabi nito? Amen? (Amen!) Walang anumang disposisyon ni Satanas ang makikita sa Diyos. Lahat ng ginagawa at ibinubunyag ng Diyos ay lubos na kapaki-pakinabang at makakatulong sa tao, ganap na ginagawa upang maglaan para sa tao, puno ng buhay at nagbibigay sa tao ng isang daan na susundan at isang direksyon na tatahakin. Ang Diyos ay hindi tiwali at, bukod pa rito, kung titingnan ngayon ang lahat ng ginagawa ng Diyos, masasabi ba natin na ang Diyos ay banal? Dahil ang Diyos ay walang taglay na tiwaling disposisyon ng sangkatauhan, ni anumang katulad sa satanikong diwa ng tiwaling sangkatauhan, mula sa pananaw na ito ay lubos nating masasabi na ang Diyos ay banal. Ang Diyos ay walang ipinapakitang anumang katiwalian, at kasabay nito habang gumagawa ang Diyos, inihahayag ng Diyos ang Kanyang sariling diwa, na ganap na nagpapatibay na ang Diyos Mismo ay banal. Nakikita ba ninyo ito? Upang makilala ang banal na diwa ng Diyos, tingnan natin ang dalawang aspetong ito sa ngayon: Una, walang bahid ng tiwaling disposisyon sa Diyos, at pangalawa, tinutulutan ng diwa ng gawain ng Diyos sa tao na makita ng tao ang sariling diwa ng Diyos at ang diwang ito ay lubos na positibo. Sapagkat ang mga bagay na idinudulot sa tao ng bawat bahagi ng gawain ng Diyos ay pawang positibo. Una sa lahat, hinihingi ng Diyos sa tao na maging tapat—hindi ba ito positibong bagay? Binibigyan ng Diyos ang tao ng karunungan—hindi ba ito positibo? Ipinauunawa ng Diyos sa tao ang pagkakaiba ng kabutihan sa kasamaan—hindi ba ito positibo? Binibigyang-daan Niya na maunawaan ng tao ang kahulugan at kahalagahan ng buhay ng tao—hindi ba ito positibo? Binibigyang-daan Niya ang tao na makita ang diwa ng mga tao, mga pangyayari, at mga bagay ayon sa katotohanan—hindi ba ito positibo? Ito ay positibo. At ang resulta ng lahat ng ito ay na hindi na nalililang ni Satanas ang tao, hindi na maipagpapatuloy pa na mapinsala o makontrol ni Satanas. Sa madaling salita, binibigyang-daan ng mga ito ang mga tao na ganap na palayain ang kanilang mga sarili mula sa pagtitiwali ni Satanas, at sa gayon ay unti-unting lumakad sa daan ng pagkatakot sa Diyos at paglayo sa kasamaan. Gaano kalayo na ninyong nalakad ang landas na ito ngayon? Mahirap sabihin, hindi ba? Ngunit kahit paano mayroon na ba kayo ngayong paunang pagkaunawa kung paano ginagawang tiwali ni Satanas ang tao, kung aling mga bagay ang masama at aling mga bagay ang negatibo? Kahit paano nilalakaran na ninyo ngayon ang tamang landas sa buhay. Masasabi ba natin iyon? Oo, nang lubusan.

May isang bagay na kailangang ibahagi tungkol sa kabanalan ng Diyos. Batay sa lahat ng inyong narinig at natanggap, sino sa inyo ang makakapagsabi kung ano ang kabanalan ng Diyos? Ano ang tinutukoy ng kabanalan ng Diyos na sinasabi Ko? Pag-isipan ninyo ng isang saglit. Ang pagiging tapat ba ng Diyos ang Kanyang kabanalan? Ang katapatan ba ng Diyos ang Kanyang kabanalan? Ang pagiging hindi makasarili ba ng Diyos ang Kanyang kabanalan? Ito ba'y ang pagpapakumbaba Niya? Ang Kanyang pagmamahal para sa tao? Malayang ipinagkakaloob ng Diyos sa tao ang katotohanan

at buhay—ito ba ang Kanyang kabanalan? Oo, ang lahat ng iyon. Lahat ng ito na ibinubunyag ng Diyos ay natatangi at hindi umiiral sa loob ng tiwaling sangkatauhan, ni makikita sa sangkatauhan. Walang makikita ni katiting na bakas nito sa proseso ng pagtitiwali ni Satanas sa tao, ni sa tiwaling disposisyon ni Satanas ni sa diwa o likas ni Satanas. Lahat ng kung anong mayroon at kung ano ang Diyos ay natatangi; tanging ang Diyos Mismo ang may ganitong uri ng diwa. Sa puntong ito ng ating pagtalakay, mayroon bang sinuman sa inyo ang nakakita ng sinumang mula sa sangkatauhan na kasingbanal ng Aking inilarawan? (Wala.) Kung gayo’y mayroon bang ganito kabanal sa mga idolo, bantog, o dakila sa sangkatauhan na inyong sinasamba? (Wala.) Kaya kapag sinasabi natin na ang kabanalan ng Diyos ay natatangi, ito ba’y pagpapalabis sa katotohanan? Talagang hindi nga. Bukod dito, mayroon ding praktikal na panig ang natatanging kabanalan ng Diyos. Mayroon bang anumang pagkakaiba sa pagitan ng kabanalan na tinatalakay Ko ngayon at sa kabanalan na dati ninyong inakala at naisip? (Oo.) Mayroong napakalaking pagkakaiba. Ano ang kadalasang ibig sabihin ng mga tao kapag pinag-uusapan nila ang tungkol sa kabanalan? (Ilang panlabas na asal.) Kapag sinasabi ng mga tao na ang asal o iba pang bagay ay banal, sinasabi lamang nila ito dahil nakikita nila ito na dalisay o masarap sa mga pandama. Gayunman, ang mga bagay na ito ay palaging kulang ng totoong diwa ng kabanalan—ito ang aspeto ng doktrina. Bukod dito, ano ang tinutukoy ng praktikal na aspeto ng kabanalan na iniisip ng mga tao? Ito ba ay iyong karaniwan nilang iniisip o hinahatulan na banal? Halimbawa, may ilang Budista ang namamatay habang nagsasagawa, lumilisan habang sila ay nakaupo doon na natutulog. May ilang tao ang nagsasabi na sila ay naging banal at lumipad na patungong langit. Ito rin ay produkto ng imahinasyon. Pagkatapos may ilan na nag-iisip na ang isang diwata na lumulutang pababa mula sa langit ay banal. Sa totoo lang, ang konsepto ng mga tao sa salitang “banal” ay palaging isang uri lamang ng walang lamang imahinasyon at teorya na walang totoong sangkap dito, at saka walang anumang kinalaman sa diwa ng kabanalan. Ang diwa ng kabanalan ay tunay na pag-ibig, ngunit higit pa rito, ito ay diwa ng katotohanan, katuwiran at liwanag. Ang salitang “banal” ay angkop lamang kapag ginagamit sa Diyos; walang anuman sa nilikha ang karapat-dapat na tawaging “banal.” Dapat itong maunawaan ng tao. Mula ngayon, gagamitin lamang natin ang salitang “banal” sa Diyos. Ito ba ay angkop? (Oo, ito ay angkop.)

Ang mga Panlalansi na Ginagamit ni Satanas Upang Gawing Tiwali ang Tao

Balikan natin ang pagtalakay tungkol sa kung anong mga paraan ang ginagamit ni Satanas upang gawing tiwali ang tao. Tinalakay pa lamang natin ang tungkol sa iba’t ibang paraan kung saan gumagawa ang Diyos sa tao, na maaaring maranasan mismo ng bawat isa sa inyo, kaya hindi na Ako magdedetalye nang husto. Ngunit kayo marahil ay nalalabuan sa inyong mga puso tungkol sa mga paraan na ginagamit ni Satanas upang gawing tiwali ang tao, o sa pinakamaliit ay wala kayong tiyak na pag-unawa sa

kanila. Kaya magiging kapaki-pakinabang ba sa inyo kung muli Akong magsasalita tungkol dito? Nais ba ninyong matutunan ito? May ilan sa inyo marahil ang magtatanong: “Bakit pag-uusapang muli si Satanas? Sa sandaling banggitin si Satanas, kami ay nagagalit, at kapag naririnig namin ang pangalan nito naaasiwa kami nang husto.” Naaasiwa man kayo, dapat ninyong harapin ang mga katotohanan. Ang mga bagay na ito ay dapat salitain nang tuwiran at linawin para sa kapakanan ng pagkaunawa ng tao; o hindi na makalalaya sa impluwensya ni Satanas ang tao.

Tinalakay na natin noong nakaraan ang limang paraan kung paano ginagawang tiwali ni Satanas ang tao, na kasama ang mga panlinlang ni Satanas. Ang mga paraan na ginagawang tiwali ni Satanas ang tao ay mababaw na suson lamang; higit na masama ang mga pandarayang nagtatago sa ilalim ng panlabas na anyong ito na ginagamit ni Satanas upang makamit ang mga layunin nito. Ano ang mga pandarayang ito? Lagumin ninyo ang mga ito. (Ito’y nandadaya, nang-aakit at nananakot.) Habang lalong mas marami ang naitatala ninyo, mas napapalapit kayo. Tila ba kayo ay napinsala nang husto ni Satanas at matindi ang inyong mga damdamin sa paksang ito. (Ito’y gumagamit din ng matamis na pananalita. Nang-iimpluwensya ito at sapilitang nananakop ng mga tao.) Sapilitang pananakop—ito ay nagbibigay ng isang masyadong matinding epekto. Ang mga tao ay natatakot sa sapilitang pananakop ni Satanas. Mayroon pa bang ibang pandaraya? (Marahas na pinipinsala nito ang mga tao, nananakot at nagbibigay ng mga mapang-akit na alok, at ito’y nagsisinungaling.) Ang pagsisinungaling ay isa sa mga bagay na ginagawa nito. Nagsisinungaling si Satanas upang dayain ka. Ano ang likas ng pagsisinungaling? Ang pagsisinungaling ba ay hindi kapareho ng pandaraya? Ang layunin ng pagsisinungaling sa totoo lang ay upang dayain ka. Mayroon pa bang ibang pandaraya? Sabihin ninyo sa Akin ang lahat ng alam ninyo. (Ito’y nanunukso, namiminsala, nambubulag at nanlilinlang.) Magkakapareho ang inyong damdamin tungkol sa panlilinlang na ito. Ano pa ba? (Kinokontrol nito ang tao, hinahawakan ang tao, tinatakot nang husto ang tao at pinipigilan ang tao na maniwala sa Diyos.) Alam Ko ang pangkalahatang kahulugan ng mga bagay na inyong sinasabi sa Akin at ito ay magaganda. Lahat kayo ay may nalalaman tungkol dito, kaya’t lagumin natin ang mga pandarayang ito ngayon.

May anim na pangunahing mga pandaraya na ginagamit ni Satanas Upang gawing tiwali ang tao

Ang una ay kontrol at pamumuwersa. Iyon ay, gagawin ni Satanas ang lahat ng maaaring gawin upang kontrolin ang iyong puso. Ano ang ibig sabihin ng “pamumuwersa”? Nangangahulugan ito ng paggamit ng pagbabanta at sapilitang taktika upang pilitin kang sumunod dito, na pinag-iisip ka sa mga maaaring mangyari kung hindi ka susunod. Natatakot ka at hindi nangangahas na salungatin ito, kaya nagpapasakop ka rito.

Ang ikalawa ay ang pandaraya at panlalansi. Ano ang kaakibat ng “pandaraya at panlalansi”? Bumubuo si Satanas ng ilang kuwento at mga kasinungalingan, na nilalansi

ka na paniwalaan ang mga ito. Kailanman hindi nito sinasabi sa iyo na ang tao ay nilikha ng Diyos, ngunit hindi rin nito direktang sinasabi na ikaw ay hindi ginawa ng Diyos. Hindi nito ginagamit ang salitang “Diyos” sa anumang paraan, ngunit sa halip ay gumagamit ng iba pang bagay bilang kahalili, na ginagamit ang bagay na ito upang linlangin ka nang sa gayon ay wala kang ideya sa pag-iral ng Diyos. Siyempre, kasama ng panlalansi ang maraming aspeto, hindi lamang ang isang ito.

Ang ikatlo ay ang sapilitang pagdoktrina. Ano ang sapilitang itinuturo sa mga tao? Ang sapilitang pagdoktrina ay ginagawa ba sa sariling kagustuhan ng tao? Ginagawa ba ito nang may pahintulot ng tao? Talagang hindi. Kahit hindi ka pumayag, wala ka nang magagawa. Nadodoktrinahan ka ni Satanas nang hindi mo namamalayan, na ikinikintal sa iyo ang pag-iisip nito, mga patakarang sa buhay nito at ang diwa nito.

Ang ikaapat ay ang mga pagbabanta at mga pang-aakit. Lyon ay, ginagamit ni Satanas ang iba’t ibang mga pandaya upang iyong tanggapin ito, sundin ito, gumawa sa paglilingkod dito. Gagawin nito ang lahat upang makamit ang mga layunin nito. Minsan nagbibigay ito ng maliliit na pabor sa iyo, samantalang inaakit ka nito na magkasala. Kung hindi mo susundin ito, pahihirapan ka nito at parurusahan ka, at gagamit ito ng iba’t ibang paraan upang salakayin ka at magpakana laban sa iyo.

Ang ikalima ay panlilinlang at pagkaparalisa. Ang “panlilinlang at pagkaparalisa” ay kapag nagkikintal si Satanas sa mga tao ng ilang salitang masarap pakinggan at mga ideya na naaangkop sa kanilang mga haka-haka at tila makatwiran, upang palabasin na parang isinasaalang-alang nito ang pisikal na kalagayan ng kanilang mga buhay at mga kinabukasan, gayong ang totoo ito ay tanging layunin nito na linlangin ka. Pagkatapos ay pinaparalisa ka nito upang hindi mo malaman kung ano ang tama at ano ang mali, sa gayon ikaw ay nalinlang nang hindi mo nalalaman at sasailalim sa kontrol nito.

Ang ikaanim ay ang pagkawasak ng katawan at isip. Aling bahagi ng tao ang winawasak ni Satanas? Winawasak ni Satanas ang iyong isip, inaalisan ka ng kakayahang tumutol, na nangangahulugan na ang iyong puso ay dahan-dahang bumabaling kay Satanas nang hindi mo inaasahan. Ikinikintal nito ang mga bagay na ito sa iyo araw-araw, araw-araw na ginagamit ang mga ideya at mga kulturang ito upang impluwensyahan at linangin ka, na dahan-dahang sinisira ka, upang huwag mo nang gustuhing maging isang mabuting tao, upang huwag mo nang naising manindigan para sa tinatawag mong katuwiran. Hindi mo namamalayan, wala ka nang taglay na pagpupursiging lumangoy laban sa agos, sa halip ay magpapatianod na lang dito. Ang “pagkawasak” ay nangangahulugan na labis na pinapahirapan ni Satanas ang mga tao kaya nagiging mga anino na lamang sila ng kanilang sarili, hindi na tao. Dito tumitira si Satanas, sinasakmal at nilalamon sila.

Bawat isa sa mga pandaraya na ito na ginagamit ni Satanas upang gawing tiwali ang tao ay makapagtatanggal ng kapangyarihan sa tao na lumaban; alinman sa mga ito ay nakamamatay sa mga tao. Sa madaling salita, anuman ang ginagawa ni Satanas at anuman ang pandaraya na ginagamit nito ay makakapagpahina sa iyo, makakapagdala

sa iyo sa ilalim ng kontrol ni Satanang at makakapagpapalubog sa iyo sa isang kumunoy ng kasamaan at kasalanan. Ito ang mga pandaraya na ginagamit ni Satanang upang gawing tiwali ang tao.

Masasabi natin na si Satanang ay masama, ngunit upang pagtibayin ito, dapat pa rin nating tingnan kung anu-ano ang mga kahihinatnan ng pagtitiwali ni Satanang sa tao at aling mga disposisyon at mga diwa ang dinadala nito sa tao. Alam ninyong lahat ang ilan sa mga ito, kaya magsalita kayo tungkol dito. Ano ang mga kahihinatnan ng pagtitiwali ni Satanang sa mga tao? Aling mga tiwaling disposisyon ang ipinapahayag at ibinubunyag ng mga ito? (Kayabangan at pagmamalaki, pagka-makasarili at pagiging kasuklam-suklam, kabuktutan at panlilinlang, katusuan at pagka-malisyoso, at ganap na kawalang pagkatao.) Sa kabuuan, masasabi natin na ang mga ito ay walang pagkatao. Ngayon, hayaan natin ang ibang mga kapatid na magsalita. (Kapag ang tao ay nagawang tiwali ni Satanang, sila ay karaniwang mapagmataas at mapagmagaling, mapagpahalaga sa sarili at palalo, sakim at makasarili. Ang mga ito ang nararamdaman kong pinakamalalang isyu.) (Pagkatapos nagawang tiwali ni Satanang ang mga tao, sila'y walang-pakundangang kumikilos upang magkamit ng mga materyal na bagay at kayamanan. At nagiging palaban pa sila sa Diyos, tumututol sa Diyos, sinusuwat ang Diyos, at naiwawala nila ang konsiyensya at katuwiran na dapat taglayin ng tao.) Ang lahat ng sinabi ninyo ay talagang magkakapareho bagama't may maliit na mga pagkakaiba; ang ilan sa inyo ay may idinagdag lang na maliliit na detalye. Bilang pagbubuo, ang mga bagay na higit na namumukod-tangi tungkol sa tiwaling sangkatauhan ay kayabangan, panlilinlang, pagka-malisyoso, at pagkamakasarili. Gayunman, nakaligtaan ninyong lahat ang isang bagay. Ang mga tao ay walang konsiyensya, nawala na ang kanilang katuwiran at walang silang pagkatao—gayunman mayroon pang isang napakahalagang bagay na hindi ninyo nabanggit, iyon ay “pagtataksil.” Ang pangwakas na kahihinatnan ng mga disposisyong ito na umiiral sa sinumang tao sa sandaling sila ay nagawang tiwali ni Satanang ay ang kanilang pagtataksil sa Diyos. Anuman ang sabihin ng Diyos sa mga tao o kung anumang gawain ang ginagampanan Niya sa kanila, hindi nila sinusunod iyong nalalaman nila na katotohanan. Ibig sabihin, hindi na nila kinikilala ang Diyos at pinagtataksilan Siya: ito ang kahihinatnan ng pagtitiwali ni Satanang sa tao. Ito ay katulad ng lahat ng tiwaling disposisyon ng tao. Sa mga paraan na ginagamit ni Satanang upang gawing tiwali ang tao—ang kaalamang natututuhan ng tao, ang siyensyang nalalaman nila, ang kanilang pagkaunawa sa mga pamahiin at tradisyunal na mga kultura, gayundin ang mga kalakarang panlipunan—mayroon bang anumang magagamit ng tao upang masabi kung alin ang matuwid at alin ang hindi matuwid? Mayroon bang anumang bagay na makakatulong sa tao upang malaman kung ano ang banal at ano ang masama? Mayroon bang anumang mga pamantayan na magagamit na panukat sa mga bagay na ito? (Wala.) Walang mga pamantayan at walang saligan na makakatulong sa tao. Kahit na alam ng mga tao ang salitang “banal,” walang sinuman ang talagang nakakaalam kung ano ang banal. Kaya maaari bang makatulong ang mga bagay na ito na dinadala

ni Satanas sa tao upang malaman nila ang katotohanan? Matutulungan ba ng mga ito ang tao na mamuhay na may karagdagang pagkatao? Matutulungan ba ng mga ito ang tao na mabuhay sa paraang lalo nilang masasamba ang Diyos? (Hindi.) Malinaw naman na hindi nila matutulungan ang tao na sumamba sa Diyos o maunawaan ang katotohanan, ni matutulungan ang taong malaman kung ano ang kabanalan at kasamaan. Sa kabaligtaran, ang tao ay lalong nagiging pasama nang pasama, na palayo nang palayo sa Diyos. Ito ang dahilan kung bakit sinasabi natin na si Satanas ay masama. Pagkatapos himayin ang malaking bahagi ng masamang diwa ni Satanas, may nakita ba kayong anumang elemento ng kabanalan kay Satanas, maging sa diwa nito o sa inyong pagkaunawa sa diwa nito? (Wala.) Tiyak iyon. Kung gayon may nakita ba kayo na anumang aspeto ng likas ni Satanas na may anumang pagkakahawig sa Diyos? (Wala.) Mayroon bang pagkakahawig sa Diyos ang anumang pahayag ni Satanas? (Wala.) Kaya ngayon nais Ko kayong tanungin: Gamit ang inyong sariling mga salita, ano ba talaga ang kabanalan ng Diyos? Una sa lahat, sa ano sinasabing may kaugnayan ang mga salitang “kabanalan ng Diyos”? Ito ba ay sinasabing may kaugnayan sa diwa ng Diyos? O ito ba’y sinasabing may kaugnayan sa ilang aspeto ng Kanyang disposisyon? (Ito ay sinasabing may kaugnayan sa diwa ng Diyos.) Dapat nating kilalaning mabuti ang isang panghahawakan upang makalapit sa ninanais nating paksa. Sinasabi ang mga salitang ito na may kaugnayan sa diwa ng Diyos. Una sa lahat, ginamit natin ang kasamaan ni Satanas bilang hambingan sa diwa ng Diyos, kung gayon, nakita ba ninyo ang anumang diwa ni Satanas sa Diyos? Paano naman ang anumang diwa ng sangkatauhan? (Hindi, wala kaming nakita. Ang Diyos ay hindi mapagmataas, hindi makasarili at hindi nagtataksil, at mula rito nakikita namin ang banal na diwa ng Diyos ay naibubunyag.) Mayroon pa bang ibang idadagdag? (Ang Diyos ay walang bakas ng tiwaling disposisyon ni Satanas. Ang taglay ni Satanas ay ganap na negatibo, samantalang walang anumang taglay ang Diyos kundi positibo. Makikita natin na mula nang tayo ay musmos pa hanggang sa ngayon, lalo na sa mga pagkakataong naligaw tayo ng landas, palaging nasa tabi natin ang Diyos, binabantayan tayo at pinananatiling ligtas. Walang panlilinlang sa Diyos, walang pandaraya. Malinaw at payak Siyang mangusap, at ito rin ang tunay na diwa ng Diyos.) Napakagaling! (Wala tayong makikitang tiwaling disposisyon ni Satanas sa Diyos, walang panloloko, walang pagmamayabang, walang hungkag na mga pangako at walang panlilinlang. Ang Diyos ang tanging mapapaniwalaan ng tao. Ang Diyos ay tapat at taos-puso. Mula sa gawain ng Diyos, makikita natin ang Diyos na nagsasabi sa mga tao na maging tapat, nagbibigay sa kanila ng karunungan, ginagawa silang may kakayanang makita ang kaibahan ng mabuti sa masama at magkaroon ng pagkakilala sa iba’t ibang tao, mga pangyayari, at mga bagay. Sa ganito makikita natin ang kabanalan ng Diyos.) Natapos na ba kayo? Nasisiyahan ba kayo sa mga sinabi ninyo? Gaano ba talaga kalawak ang pagkaunawa sa Diyos na nasa inyong mga puso? At gaano ninyo nauunawaan ang kabanalan ng Diyos? Alam Ko na ang bawat isa sa inyo ay nagtataglay sa inyong puso ng ilang antas ng kakayahan

sa pagkaunawa, sapagkat mararamdaman ng bawat isang tao ang gawain ng Diyos sa kanila at, sa iba't ibang antas, nakakamit nila ang maraming bagay mula sa Diyos; biyaya at mga pagpapala, pagkaunawa at kaliwanagan, at paghatol at pagkastigo ng Diyos, at dahil sa mga bagay na ito, ang tao ay nagkakaroon ng ilang simpleng pagkaunawa sa diwa ng Diyos.

Bagama't ang kabanalan ng Diyos na ating tinatalakay ngayon ay tila kakaiba sa karamihan ng mga tao, sa kabila nito, nasimulan na natin ang paksang ito, at magkakaroon kayo ng mas malalim na pagkaunawa habang tinatahak ninyo ang landas na naghihintay. Hinihingi nito na unti-unti ninyong maramdaman at maunawaan sa panahon ng inyong sariling karanasan. Ngayon ang inyong pagkaunawa sa diwa ng Diyos na nakabase sa inyong nakikita ay nangangailangan pa rin ng mahabang panahon upang matutunan, upang pagtibayin, upang maramdaman at maranasan ito, hanggang sa isang araw, mauunawaan ninyo, mula sa kaibuturan ng inyong puso, na "ang kabanalan ng Diyos" ay nangangahulugan na ang diwa ng Diyos ay walang kapintasan, na ang pagmamahal ng Diyos ay mapagparaya, na lahat ng ibinibigay ng Diyos sa tao ay mapagparaya, at makikilala mo na ang kabanalan ng Diyos ay walang dungis at di-mapupulaan. Ang mga aspetong ito ng diwa ng Diyos ay hindi lamang ang mga salita na ginagamit Niya upang ipagmalaki ang Kanyang kalagayan, sa halip ginagamit ng Diyos ang Kanyang diwa upang pakitunguhan nang lihim at tapat ang bawat isang tao. Sa madaling salita, ang diwa ng Diyos ay hindi hungkag, ni hindi rin ito panteorya o pangdoktrina at tiyak na hindi isang uri ng kaalaman. Hindi ito isang uri ng edukasyon para sa tao; sa halip ay siyang tunay na pahayag ng sariling mga kilos ng Diyos at ang ibinunyag na diwa kung anong mayroon at kung ano ang Diyos. Dapat kilalanin ng tao ang diwang ito at unawain ito, dahil lahat ng ginagawa ng Diyos at bawat salita na Kanyang sinasabi ay may malaking kahalagahan at malaking kabuluhan sa bawat isang tao. Kapag naunawaan mo ang kabanalan ng Diyos, magagawa mo na talagang maniwala sa Diyos; kapag naunawaan mo ang kabanalan ng Diyos, makikilala mo talaga ang totoong kahulugan ng mga salitang "Ang Diyos Mismo, ang Natatangi." Hindi ka na mag-iisip na may ibang mga daan maliban dito na maaari mong piliing lakaran, at hindi ka na handang pagtaksilan ang lahat ng bagay na isinaayos ng Diyos para sa iyo. Sapagkat ang diwa ng Diyos ay banal, nangangahulugan iyon na tanging sa pamamagitan ng Diyos makalalakad ka sa buhay sa makatuwirang daan ng liwanag; tanging sa pamamagitan ng Diyos mo malalaman ang kahulugan ng buhay, tanging sa pamamagitan ng Diyos na maisasabuhay mo ang totoong pagkatao at taglayin at makilala ang katotohanan. Tanging sa pamamagitan lamang ng Diyos maaari mong matanggap ang buhay mula sa katotohanan. Tanging ang Diyos Mismo ang makakatulong sa iyo na layuan ang kasamaan at iadya ka mula sa kapinsalaan at kontrol ni Satanas. Maliban sa Diyos, walang sinuman at walang anuman ang makakapagligtas sa iyo mula sa dagat ng paghihirap upang hindi ka na magdusa. Ito ay pinagpapasiyahan ng diwa ng Diyos. Tanging ang Diyos Mismo ang magliligtas sa iyo nang walang pag-iimbot, tanging ang Diyos ang responsable

sa bandang huli para sa iyong kinabukasan, para sa iyong tadhana at para sa iyong buhay, at isinasaayos Niya ang lahat ng bagay para sa iyo. Ito ay isang bagay na hindi matatamo ng nilalang o di-nilalang. Sapagkat walang nilalang o di-nilalang ang nagtataglay ng diwa ng Diyos, walang tao o bagay ang may kakayahan na iligtas ka o akayin ka. Ito ang kahalagahan ng diwa ng Diyos sa tao. Nararamdaman ninyo marahil na ang mga salitang ito na nasabi Ko ay nakatutulong kahit kaunti sa prinsipyo. Subalit kung hahanapin mo ang katotohanan, kung minamahal mo ang katotohanan, mararanasan mo kung papaano hindi lamang babaguhin ng mga salitang ito ang iyong tadhana, ngunit higit pa rito dadalhin ka nila sa tamang daan ng buhay. Nauunawaan mo ito, hindi ba? Kaya ngayon mayroon ba kayong kaunting interes na malaman ang diwa ng Diyos? (Oo.) Mabuti na kayo'y interesado. Tatapusin natin dito ang pagtalakay sa ating paksa ngayon sa pag-alam ng kabanalan ng Diyos.

* * *

Gusto Kong talakayin sa inyo ang tungkol sa isang bagay na inyong ginawa na nakasorpresa sa Akin sa simula ng ating pagtitipon ngayon. Ang ilan sa inyo marahil ay nagkikimkim ng diwa ng pasasalamat, marahil kayo'y nakakaramdam ng pasasalamat, at sa gayon ay nais ninyong ipahayag nang pisikal kung ano ang nararamdaman ninyo. Ang ginawa ninyo'y hindi nangangailangang mapulaan; ito'y hindi tama ni mali. Ngunit gusto Kong maunawaan ninyo ang isang bagay. Ano ito? Una, nais Ko kayong tanungin tungkol sa ginawa ninyo ngayon lamang. Ito ba ay pagpapatirapa o pagluhod upang sumamba? May makakapagsabi ba sa Akin? (Naniniwala kami na ito ay pagpapatirapa.) Naniniwala kayo na ito ay pagpapatirapa, kung gayon, ano ang kahulugan ng pagpapatirapa? (Pagsamba.) Ano naman ang pagluhod upang sumamba? Hindi pa Ako nagbahagi sa inyo tungkol dito, ngunit sa araw na ito nararamdaman Ko na kinakailangan Kong ibahagi ang paksang ito sa inyo. Nagpapatirapa ba kayo sa inyong karaniwang mga pagtitipon? (Hindi.) Nagpapatirapa ba kayo kapag kayo ay nananalangin? (Oo.) Nagpapatirapa ba kayo sa bawat oras na kayo ay nananalangin, kapag itinutulot ng mga kondisyon? (Oo.) Iyan ay mabuti. Subalit ang nais Kong maunawaan ninyo ngayon ay tinatanggap lamang ng Diyos ang pagluhod ng dalawang uri ng mga tao. Hindi natin kailangang konsultahin ang Bibliya o ang mga pag-uugali at gawa ninumang espirituwal na karakter. Sa halip, sasabihin Ko sa inyo ang isang bagay na totoo dito at ngayon. Una, ang pagpapatirapa at pagluhod sa pagsamba ay hindi magkapareho. Bakit tinatanggap ng Diyos ang mga pagluhod ng mga taong ipinapatirapa ang kanilang mga sarili? Ito ay dahil sa tinatawag ng Diyos ang isang tao papalapit sa Kanya at inaatasan ang taong ito na tanggapin ang tagubilin ng Diyos, kaya papahintulutan siya ng Diyos na magpatirapa siya sa harap Niya. Ito ang unang uri ng tao. Ang ikalawang uri ay ang pagluhod upang sumamba ng isang tao na natatakot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan. Mayroon lamang nitong dalawang uri ng tao. Kaya sa aling uri kayo nabibilang?

Masasabi ba ninyo? Ito ay katotohanan, bagama't maaaring masaktan nang kaunti ang inyong mga damdamin. Walang masasabi tungkol sa mga pagluhod ng mga tao sa panahon ng pananalangin—ito ay tama tulad ng nararapat, sapagkat kapag nananalangin ang mga tao kadalasang ito ay pananalangin para sa isang bagay, pagbubukas ng kanilang mga puso sa Diyos at pagharap sa Kanya. Ito ay pakikipagtalastasan at pakikipagpalitan, puso sa puso sa Diyos. Ang pagsamba habang nakaluhod ay hindi dapat maging pormalidad lamang. Hindi Ko sinasadya na sisihin kayo para sa inyong ginawa ngayon. Nais Ko lamang linawin ito sa inyo upang inyong maunawaan ang prinsipyong ito, alam ninyo ito, hindi ba? (Oo, alam namin.) Sinasabi ko ito upang hindi na ito mangyari pang muli. Ang mga tao ba kung gayon ay may anumang pagkakataon na magpatirapa at lumuhod sa harapan ng Diyos? Hindi dahil hindi na magkakaroon ng ganitong pagkakataon. Hindi magtatagal darating ang araw, ngunit ang panahon ay hindi ngayon. Nakikita ba ninyo? Pinalulungkot ba kayo nito? (Hindi.) Mabuti iyan. Marahil ang mga salitang ito ay uudyok o pupukaw sa inyo upang malaman ninyo sa inyong puso ang kasalukuyang kalagayan sa pagitan ng Diyos at tao at kung anong uri ng ugnayan ang umiiral ngayon sa pagitan ng Diyos at ng tao. Bagaman napag-usapan na natin kamakailan lamang at nakapagpalitan na nang maigi, ang pagkakaunawa ng tao sa Diyos ay malayo pa rin sa sapat. Napakalayo pa ng lalakbayin ng tao sa daang ito ng paghahangad na maunawaan ang Diyos. Hindi Ko intensyon na pilitin kayong gawin ito nang mabilisan, o magmadali na ipahayag ang mga uring ito ng mga hangarin o mga damdamin. Ang ginawa ninyo ngayon ay maaaring maghayag at magbunyag ng inyong tunay na mga damdamin, at nahahalata Ko iyon. Kaya habang ginagawa ninyo ito, ninais Kong tumayo na lang at ibigay sa inyo ang Aking mabuting mga pagbati, sapagkat nais Kong maging mabuti ang kalagayan ninyong lahat. Kaya ginagawa Ko ang Aking makakaya sa bawat salita Ko at sa bawat pagkilos upang matulungan kayo, gabayan kayo, nang sa gayon magkakaroon kayo ng tamang pagkaunawa at tamang pananaw sa lahat ng bagay. Nauunawaan ninyo ito, tama? (Oo.) Magaling. Bagaman ang mga tao ay may ilang pagkaunawa sa iba't ibang disposisyon ng Diyos, ang mga aspeto kung anong mayroon at kung ano ang Diyos at ang ginagawang gawain ng Diyos, ang karamihan sa pagkaunawang ito ay hindi lalampas sa pagbabasa ng mga salita sa isang pahina, o inuunawa ang mga ito sa prinsipyo, o iniisip lamang ang tungkol sa mga ito. Ang pinakakulang sa mga tao ay ang totoong pagkaunawa at pananaw na nagmumula sa totoong karanasan. Kahit na gumagamit ang Diyos ng iba't ibang paraan upang gisingin ang puso ng mga tao, mahaba pa ang lalakbayin bago ito magampanan. Ayaw Kong makita ang sinuman na nagdaramdam na tila ba iniwan silang nag-iisa ng Diyos, na pinabayaan sila ng Diyos o tinalikuran Niya sila. Nais Ko lamang makita na lahat ay nasa daan upang hanapin ang katotohanan at naghahangad na maunawaan ang Diyos, matapang na nagpapatuloy sa paglalakad na may matibay na kalooban, na walang mga pangamba, walang dinadalang mga pasanin. Maging anumang mga kamalian ang nagawa mo, gaano man kalayo kang naligaw o gaano ka man lumabag, huwag hayaan

ang mga ito na maging mga pasanin o dagdag na pabigat na dadalhin mo sa iyong paghahangad na maunawaan ang Diyos: Ipagpatuloy mo ang paglalakad nang pasulong. Sa lahat ng panahon, hawak ng Diyos ang kaligtasan ng tao sa Kanyang puso; hindi ito kailanman nagbabago: Ito ang pinakamahalagang bahagi ng diwa ng Diyos. Mas mabuti na ba ang pakiramdam ninyo ngayon? (Oo.) Inaasahan Kong makukuha ninyo ang tamang pakikitungo sa lahat ng bagay at sa mga salita na Aking nasabi. Tapusin na natin ang pagbabahaging ito rito. Paalam!

Enero 11, 2014

Ang Diyos Mismo, ang Natatangi VII

Ang Diyos ang Pinagmumulan ng Buhay Para sa Lahat ng Bagay (I)

Isang Pagbubuod Tungkol sa Awtoridad ng Diyos, sa Matuwid na Disposisyon ng Diyos, at sa Kabanalan ng Diyos

Kapag natapos kayong manalangin, nadarama ba ninyo ang kapanatagan sa inyong puso sa presensya ng Diyos? (Oo.) Kung ang puso ng isang tao ay maaaring panatagin, maririnig at mauunawaan nila ang salita ng Diyos at maririnig at mauunawaan nila ang katotohanan. Kung hindi mapanatag ang puso mo, kung laging nalilito ang puso mo, o lagi kang nag-iisip ng ibang mga bagay, makakaapekto ito sa iyong pagdalo sa mga pagtitipon upang marinig ang salita ng Diyos. Ano ang pinakamahalagang bahagi ng mga bagay na tinalakay natin? Muli nating bahagyang isiping lahat ang pinakamahahalagang punto. Tungkol sa pagkilala sa Diyos Mismo, ang natatangi, sa unang bahagi, tinalakay natin ang awtoridad ng Diyos. Sa ikalawang bahagi, tinalakay natin ang matuwid na disposisyon ng Diyos, at sa ikatlong bahagi, tinalakay natin ang kabanalan ng Diyos. Nag-iwan ba ng impresyon sa inyo ang partikular na nilalaman ng tinalakay natin sa bawat pagkakataon? Sa unang bahagi, “ang awtoridad ng Diyos,” ano ang nag-iwan ng pinakamalalim na impresyon sa inyo? Aling bahagi ang may pinakamatinding epekto sa inyo? (Ipinabatid muna ng Diyos ang awtoridad at kapangyarihan ng salita ng Diyos; ang Diyos ay kasimbuti ng Kanyang salita at ang Kanyang salita ay magkakatatotoo. Ito ang likas na pinakadiwa ng Diyos.) (Ang utos ng Diyos kay Satanas ay na maaari lamang nitong tuksuhin si Job, ngunit hindi nito maaaring kitlin ang kanyang buhay. Mula rito nakikita natin ang awtoridad ng salita ng Diyos.) May iba pa bang maidaragdag? (Gumamit ng mga salita ang Diyos upang likhain ang kalangitan at ang lupa at lahat ng naroon, at sumambit Siya ng mga salita upang makipagtipan sa tao at ibigay ang Kanyang mga pagpapala sa tao. Lahat ng ito ay mga halimbawa ng awtoridad ng salita ng Diyos. Pagkatapos, nakita natin kung paano inutusan ng Panginoong Jesus si Lazaro na lumabas mula sa kanyang libingan—ipinapakita nito na ang buhay at kamatayan ay kontrolado ng Diyos, na walang kapangyarihan si Satanas na kontrolin ang buhay at kamatayan, at na ginagawa man ang gawain ng Diyos sa katawang-tao o sa Espiritu, ang Kanyang awtoridad ay natatangi.) Ito ang pagkaunawang inyong natamo pagkatapos marinig ang pagbabahagi. Tungkol sa awtoridad ng Diyos, ano ang inyong pagkaunawa sa salitang “awtoridad”? Sa loob ng saklaw ng awtoridad ng Diyos, ano ang nakikita ng mga tao sa ginagawa at inihahayag ng Diyos? (Nakikita namin ang pagka-makapangyarihan sa lahat at karunungan ng Diyos.) (Nakikita namin na ang awtoridad ng Diyos ay laging naroroon at na tunay itong umiiral. Nakikita namin ang awtoridad ng Diyos sa malawak na antas sa Kanyang kapamahalaan sa lahat ng bagay, at nakikita namin ito sa maliit na antas kapag kinokontrol Niya ang buhay ng bawat tao. Talagang

ipinaplano at kinokontrol ng Diyos ang anim na yugto ng buhay ng tao. Dagdag pa rito, nakikita namin na ang awtoridad ng Diyos ay kumakatawan sa Diyos Mismo, ang natatangi, at walang nilikha o hindi nilikhang nilalang ang maaaring magtaglay nito. Ang awtoridad ng Diyos ay isang simbolo ng Kanyang katayuan.) Ang inyong pagkaunawa sa “mga simbolo ng katayuan ng Diyos at kalagayan ng Diyos” ay tila medyo doktrinal. Mayroon ba kayong anumang mahalagang pagkaunawa sa awtoridad ng Diyos? (Bata pa kami ay binabantayan at pinoprotektahan na kami ng Diyos, at nakikita namin doon ang awtoridad ng Diyos. Wala kaming kamalayan sa mga panganib na nakaabang sa amin, ngunit palagi kaming lihim na pinrotektahan ng Diyos. Awtoridad din ito ng Diyos.) Magaling. Tama iyan.

Kapag pinag-uusapan natin ang awtoridad ng Diyos, ano ang pinagtutuunan natin, ang pinakamahalagang punto natin? Bakit natin kailangang talakayin ang paksang ito? Ang unang layunin sa pagtalakay sa paksang ito ay upang maitatag sa puso ng mga tao ang katayuan ng Diyos bilang Lumikha at ang Kanyang kalagayan sa lahat ng bagay. Ito ang maipapaalam, maipapakita, at maipadarama sa mga tao sa simula. Ang nakikita at nadarama mo ay nagmumula sa mga kilos ng Diyos, mga salita ng Diyos, at pagkontrol ng Diyos sa lahat ng bagay. Kaya, anong tunay na pagkaunawa ang nakakamit ng mga tao mula sa lahat ng kanilang nakikita, natututuhan, at nalalaman sa pamamagitan ng awtoridad ng Diyos? Natalakay na natin ang unang layunin. Ang ikalawa ay hayaang makita ng mga tao ang kapangyarihan at karunungan ng Diyos sa pamamagitan ng lahat ng nagawa at nasabi at nakontrol ng Diyos gamit ang Kanyang kapangyarihan. Ito ay upang tulutan kang makita kung gaano kamakapangyarihan at gaanong katalino ang Diyos sa Kanyang pagkontrol sa lahat ng bagay. Hindi ba ito ang tuon at ang pinakamahalagang punto ng nauna nating talakayan tungkol sa natatanging awtoridad ng Diyos? Hindi pa gaanong nagtatagal mula nang talakayin natin iyon subalit nalimutan na iyon ng ilan sa inyo, na nagpapatunay na hindi pa kayo nagtamo ng malalim na pagkaunawa sa awtoridad ng Diyos. Masasabi pa nga na hindi pa nakita ng tao ang awtoridad ng Diyos. Mayroon na ba kayo ngayong kaunting pagkaunawa? Kapag nakikita mo ang Diyos na ginagamit ang Kanyang awtoridad, ano talaga ang nadarama mo? Talaga bang nadama mo ang kapangyarihan ng Diyos? (Oo.) Kapag binabasa mo ang Kanyang mga salita kung paano Niya nilikha ang lahat ng bagay, nadarama mo ang Kanyang kapangyarihan at nadarama mo ang Kanyang pagiging makapangyarihan sa lahat. Kapag nakikita mo ang kapamahalaan ng Diyos sa kapalaran ng mga tao, ano ang nadarama mo? Nadarama mo ba ang Kanyang kapangyarihan at Kanyang karunungan? Kung hindi tinaglay ng Diyos ang kapangyarihang ito, kung hindi Niya tinaglay ang karunungan ito, magiging karapat-dapat ba Siyang magkaroon ng kapamahalaan sa lahat ng bagay at sa kapalaran ng mga tao? Taglay ng Diyos ang kapangyarihan at karunungan, kaya nga mayroon Siyang awtoridad. Natatangi ito. Sa lahat ng nilikha, may nakita ka na bang isang tao o nilalang na may kapangyarihang katulad ng sa Diyos? Mayroon bang sinuman o anuman na maaaring mamahala at

mamuno sa buong sangkatauhan, na palaging nasa lahat ng dako sa lahat ng oras? (Wala.) Nauunawaan na ba ninyo ngayon ang tunay na kahulugan ng natatanging awtoridad ng Diyos? Mayroon na ba kayo ngayong kaunting pagkaunawa tungkol dito? (Oo.) Dito nagtatapos ang pagbabalik-aral natin sa paksang natatanging awtoridad ng Diyos.

Sa ikalawang bahagi, pinag-usapan natin ang matuwid na disposisyon ng Diyos. Hindi natin gaanong tinalakay ang paksang ito, dahil, sa yugtong ito, ang gawain ng Diyos una sa lahat ay binubuo ng paghatol at pagkastigo. Sa Kapanahunan ng Kaharian, inihayag nang malinaw at lubhang detalyado ang matuwid na disposisyon ng Diyos. Sumambit na Siya ng mga salitang hindi pa Niya nasasambit kailanman mula noong panahon ng paglikha; at sa Kanyang mga salita ay nakita ng lahat ng tao, ng lahat ng nakakita at nakaranas ng Kanyang salita, ang Kanyang matuwid na disposisyon. Kaya, ano ang pangunahing punto ng ating talakayan tungkol sa matuwid na disposisyon ng Diyos? Nauunawaan ba ninyo ito nang malalim? Nauunawaan ba ninyo ito mula sa inyong karanasan? (Sinunog ng Diyos ang Sodoma dahil napakatiwali ng mga tao noon at pinukaw ang galit ng Diyos. Mula rito, nakikita namin ang matuwid na disposisyon ng Diyos.) Una, tingnan natin: Kung hindi winasak ng Diyos ang Sodoma, malalaman mo ba ang Kanyang matuwid na disposisyon? Malalaman mo pa rin. Makikita mo ito sa mga salita na Kanyang ipinahayag sa Kapanahunan ng Kaharian, at sa paghatol, pagkastigo, at mga sumpang ipinataw Niya sa tao. Nakikita mo ba ang matuwid na disposisyon ng Diyos sa Kanyang pagliligtas sa Ninive? (Oo.) Sa kapanahunang ito, nakikita ng mga tao ang awa, pagmamahal, at pagpaparaya ng Diyos, at nakikita rin ito ng mga tao sa pagbabago ng puso ng Diyos na kasunod ng pagsisisi ng tao. Ngayong naibigay na ang dalawang halimbawang ito upang pasimulan ang ating talakayan tungkol sa matuwid na disposisyon ng Diyos, medyo malinaw na makikita na inihayag na ang Kanyang matuwid na disposisyon, subalit ang totoo, ang diwa ng matuwid na disposisyon ng Diyos ay hindi limitado sa inihayag sa dalawang kuwentong ito sa Bibliya. Mula sa natutuhan at nakita at naranasan ninyo sa salita ng Diyos at sa Kanyang gawain, ano ang matuwid na disposisyon ng Diyos sa tingin ninyo? Magsalita kayo mula sa sarili ninyong mga karanasan. (Sa mga sitwasyong nilikha ng Diyos para sa mga tao, kapag nagagawang hanapin ng mga tao ang katotohanan at kumilos alinsunod sa kalooban ng Diyos, ginagabayan sila ng Diyos, nililiwanagan sila, at binibigyan sila ng kakayahang madama ang sigla sa kanilang puso. Kapag nilalabanan ng mga tao ang Diyos at kinakalaban Siya at hindi sila kumikilos alinsunod sa Kanyang kalooban, may malaking kadiliman sa kanilang kalooban, na para bang pinabayaan na sila ng Diyos. Kahit kapag nagdarasal sila, hindi nila alam kung ano ang sasabihin sa Kanya. Ngunit kapag isinasantabi nila ang sarili nilang mga kuru-kuro at imahinasyon at nagiging handang makipagtulungan sa Diyos at nagpupunyaging magpakabuti pa, pagkatapos ay unti-unti nilang nagagawang makita ang nakangiting mukha ng Diyos. Mula rito nararanasan namin ang kabanalan ng matuwid na disposisyon ng Diyos. Nagpapakita ang Diyos sa banal na kaharian,

ngunit nagtatago Siya sa maruruming lugar.) (Nakikita ko ang matuwid na disposisyon ng Diyos sa paraan ng Kanyang pagtrato sa mga tao. Ang aming mga kapatid ay nagkakaiba sa tayog at kakayahan, at magkakaiba rin ang hinihingi ng Diyos mula sa bawat isa sa amin. Natatanggap naming lahat ang kaliwanagan ng Diyos sa iba-ibang antas, at dito, nakikita ko ang katuwiran ng Diyos, dahil kaming mga tao ay walang kakayahang tratuhin ang tao sa ganitong paraan, ngunit kaya iyon ng Diyos.) Ngayon, mayroon kayong lahat ng kaunting praktikal na kaalaman na kaya ninyong bigkasin nang maliwanag.

Alam ba ninyo kung anong kaalaman ang susi sa pag-unawa sa matuwid na disposisyon ng Diyos? Maaaring maraming masasabi mula sa karanasan sa paksang ito, nguni't may ilang pangunahing punto na dapat Ko munang sabihin sa inyo. Upang maunawaan ang matuwid na disposisyon ng Diyos, kailangang maunawaan muna ng isang tao ang mga damdamin ng Diyos: kung ano ang Kanyang kinamumuhian, kung ano ang Kanyang kinasusuklanan, kung ano ang Kanyang minamahal, kung kanino Siya nagpaparaya at naaawa, at sa anong uri ng tao Niya ipinagkakaloob ang awang iyon. Ito ay isang pangunahing punto. Dapat ding malaman ng isang tao na gaano man kamapagmahal ang Diyos, gaano man karami ang habag at pagmamahal na mayroon Siya para sa mga tao, hindi tinutulutan ng Diyos ang sinuman na nagkakasala sa Kanyang katayuan at posisyon, ni hindi Niya tinutulutan ang sinuman na nagkakasala sa Kanyang dignidad. Kahit mahal ng Diyos ang mga tao, hindi Niya sila kinukunsinti. Ibinibigay Niya sa mga tao ang Kanyang pagmamahal, ang Kanyang habag, at ang Kanyang pagpapaubaya, nguni't hindi Niya kailanman pinamihasa sila; ang Diyos ay mayroong Kanyang mga prinsipyo at Kanyang mga hangganan. Gaano man kalaki ang naramdaman mo nang pagmamahal sa iyo ng Diyos, gaano man kalalim ang pagmamahal na iyon, kailanma'y hindi mo dapat tratuhin ang Diyos sa paraan ng pagtrato mo sa isa pang tao. Bagaman totoo na itinuturing ng Diyos ang mga tao na sukdulang malapit sa Kanya, kung itinuturing ng isang tao ang Diyos bilang ibang tao lamang, na parang Siya ay isa lamang ding nilalang, gaya ng isang kaibigan o isang bagay ng pagsamba, itatago ng Diyos ang Kanyang mukha sa kanila at tatalikdan sila. Ito ang Kanyang disposisyon, at dapat pag-isipang mabuti ng mga tao ang isyung ito. Kaya, madalas nating nakikita ang mga salitang gaya nito na sinasabi ng Diyos tungkol sa Kanyang disposisyon: Gaano man karami ang mga daan na iyong nalakbay, gaano man karami ang gawain na iyong nagawa o gaano man karami ang iyong tiniis na, sa sandaling magkasala ka sa disposisyon ng Diyos, gagantihan Niya ang bawa't isa sa inyo batay sa inyong nagawa. Ibig sabihin nito ay itinuturing ng Diyos ang mga tao bilang sukdulang malapit sa Kanya, nguni't hindi dapat ituring ng mga tao ang Diyos bilang isang kaibigan o isang kaanak. Huwag tawagin ang Diyos bilang iyong "kaibigan." Gaano man kalaki ang pagmamahal na natanggap mo mula sa Kanya, gaano man karaming pagpapaubaya ang naibigay Niya sa iyo, kailanman ay hindi mo dapat ituring ang Diyos bilang iyong kaibigan. Ito ang matuwid na disposisyon ng Diyos. Naiintindihan ba? Kailangan Ko pa

bang magsalita pa tungkol dito? Wala ba kayong anumang naunang pagkaunawa sa bagay na ito? Karaniwan, ito ang pinakamadaling pagkakamali na magagawa ng mga tao, naiintindihan man nila ang mga doktrina, o kung hindi man nila kailanman pinagnilay-nilayan ang isyung ito. Kapag nagkakasala ang mga tao sa Diyos, maaaring ito ay hindi lamang dahil sa isang pangyayari, o isang bagay na kanilang sinabi, nguni't sa halip ito ay sanhi ng isang saloobin na kanilang pinanghahawakan at isang kalagayan na kinaroroonan nila. Ito ay isang bagay na sobrang nakakatakot. Naniniwala ang ilang tao na mayroon silang pagkaunawa sa Diyos, na mayroon silang ilang kaalaman tungkol sa Kanya, at maari pang gumawa sila ng ilang bagay na nagbibigay-kasiyahan sa Diyos. Nagsisimula silang makaramdam na sila ay kapantay ng Diyos at buong pagmamagaling na sila'y naging mga kaibigan ng Diyos. Ang mga ganitong uri ng damdamin ay malaking pagkakamali. Kung wala kang malalim na pagkaunawa ukol dito—kung hindi mo malinaw na nauunawaan ito—napakadali kung gayon na magkasala ka sa Diyos at magkasala sa Kanyang matuwid na disposisyon. Naiintindihan mo na ito ngayon, tama? Hindi ba natatangi ang matuwid na disposisyon ng Diyos? Magiging katumbas kaya ito ng karakter o katayuang moral ng isang tao kahit kailan? Hindi kailanman. Kaya, hindi mo dapat malimutan na, paano man tratuhin ng Diyos ang mga tao, ni anuman ang pagtingin Niya sa mga tao, ang posisyon, awtoridad, at katayuan ng Diyos ay hindi kailanman magbabago. Para sa sangkatauhan, ang Diyos ay palaging ang Panginoon ng lahat at ang Lumikha.

Ano ang natutuhan ninyo tungkol sa kabanalan ng Diyos? Sa bahaging iyan tungkol sa “kabanalan ng Diyos,” maliban sa katotohanan na ang kasamaan ni Satanas ay ginagamit bilang isang hadlang, ano ang pangunahing nilalaman ng ating talakayan tungkol sa kabanalan ng Diyos? Hindi ba ito ang kung ano ang mayroon at kung ano ang Diyos? Natatangi ba sa Diyos Mismo kung ano ang mayroon at kung ano ang Diyos? (Oo.) Iyon ang hindi taglay ng mga nilalang. Kaya sinasabi natin na natatangi ang kabanalan ng Diyos. Ito ay isang bagay na dapat ninyong maunawaan. Nagdaos tayo ng tatlong pagpupulong tungkol sa kabanalan ng Diyos. Maaari ba ninyong ilarawan sa sarili ninyong mga salita, sa sarili ninyong pagkaunawa, kung ano ang inyong paniniwala sa kabanalan ng Diyos? (Nang huli naming makaniig ang Diyos yumukod kami sa Kanyang harapan. Ibinahagi sa amin ng Diyos ang katotohanan tungkol sa pagpapatirapa at pagyukod upang sambahin Siya. Nakita namin na ang pagyukod para sambahin Siya bago tugunan ang Kanyang mga hinihingi ay hindi alinsunod sa Kanyang kalooban, at mula rito ay nakita namin ang kabanalan ng Diyos.) Talagang totoo iyan. May iba pa ba? (Sa mga salita ng Diyos sa sangkatauhan, nakikita namin na nangungusap Siya nang simple at malinaw. Prangka Siya at deretsahang magsalita. Si Satanas ay paliguy-ligoy kung magsalita at puno ng kasinungalingan. Sa nangyari sa amin noong huli nang nagpatirapa kami sa harap ng Diyos, nakita namin na ang Kanyang mga salita at ang Kanyang mga kilos ay palaging may prinsipyo. Lagi Siyang malinaw at maikling magsalita kapag sinasabi Niya sa amin kung paano kami

dapat kumilos, paano kami dapat magmasid, at paano kami dapat magsagawa. Ngunit hindi ganito ang mga tao. Dahil ginawang tiwali ni Satanas ang sangkatauhan, kumilos at nagsalita na sila ayon sa sarili nilang personal na mga motibo at layunin at nasasaisip ang sarili nilang personal na mga hangarin. Sa paraan ng pag-aalaga, paglingap at pagprotekta ng Diyos sa sangkatauhan, nakikita namin na lahat ng ginawa ng Diyos ay positibo at malinaw. Sa ganitong paraan namin nakikitang nahayag ang pinakadiwa ng kabanalan ng Diyos.) Magaling! Mayroon pa bang ibang may mairaragdag? (Sa pamamagitan ng paglalantad ng Diyos sa kasamaan ni Satanas, nakikita namin ang kabanalan ng Diyos, nagtatamo kami ng higit na kaalaman tungkol sa kasamaan ni Satanas, at nakikita namin ang pinagmumulan ng pagdurusa ng sangkatauhan. Noong araw, wala kaming kamalayan sa pagdurusa ng tao sa ilalim ng sakop ni Satanas. Matapos itong ihayag ng Diyos, saka lamang namin nakita na lahat ng pagdurusang nagmumula sa paghahangad sa katanyagan at kayamanan ay kagagawan ni Satanas. Noon lamang namin nadama na ang kabanalan ng Diyos ang tunay na kaligtasan ng sangkatauhan.) May mairaragdag pa ba? (Ang sangkatauhan, na tiwali, ay walang tunay na kaalaman at pagmamahal sa Diyos. Dahil hindi namin nauunawaan ang diwa ng kabanalan ng Diyos, at dahil, kapag nagpapatirapa at yumuyukod kami sa Kanyang harapan sa pagsamba, ginagawa namin iyon nang may maruruming kaisipan at mga lihim na motibo at layunin, hindi nasisiyahan ang Diyos. Nakikita namin na ang Diyos ay naiiba kay Satanas; gusto ni Satanas na sambahin at bolahin siya ng mga tao, magpatirapa sila at yumukod upang sambahin ito. Walang mga prinsipyo si Satanas. Mula rin dito, nabigyan ako ng kamalayan tungkol sa kabanalan ng Diyos.) Magaling! Ngayong nakapagbahagi na tayo tungkol sa kabanalan ng Diyos, nakikita ba ninyo ang pagkaperpekto ng Diyos? Nakikita ba ninyo na ang Diyos ang pinagmumulan ng lahat ng positibong bagay? Nakikita ba ninyo na ang Diyos ang sagisag ng katotohanan at katarungan? Nakikita ba ninyo na ang Diyos ang pinagmumulan ng pagmamahal? Nakikita ba ninyo na lahat ng ginagawa ng Diyos, lahat ng Kanyang ipinapahayag, at lahat ng Kanyang inihahayag ay walang kamali-mali? (Oo.) Ito ang mga pangunahing punto ng nasabi Ko tungkol sa kabanalan ng Diyos. Ngayon, ang mga salitang ito ay tila doktrina lamang sa inyo, ngunit balang araw, kapag naranasan at nasaksihan ninyo ang tunay na Diyos Mismo mula sa Kanyang salita at Kanyang gawain, sasabihin ninyo mula sa kaibuturan ng inyong puso na ang Diyos ay banal, na ang Diyos ay naiiba sa sangkatauhan, at na ang Kanyang puso, disposisyon, at pinakadiwa ay banal lahat. Ang kabanalang ito ay nagtutulot sa tao na makita ang pagkaperpekto ng Diyos at makita na ang pinakadiwa ng kabanalan ng Diyos ay dalisay. Ang pinakadiwa ng Kanyang kabanalan ang nagpapasiya na Siya ang Diyos Mismo, ang natatangi, at kapwa din nito tinutulutan ang tao na makakita at pinatutunayan na Siya ang natatanging Diyos Mismo. Hindi ba ito ang pangunahing punto? (Ito nga.)

Nakagawa tayo ngayon ng pagbubuod ng ilang paksa mula sa nakaraang mga

pagbabahagi. Tinatapos nito ang pagbubuod ngayon. Umaasa Ako na isasapuso ninyong lahat ang pangunahing puntos ng bagay at paksa. Huwag ninyong isipin na doktrina lamang ang mga ito; kapag mayroon kayong libreng oras, talagang basahin ninyo ang mga ito at subuking pagnilayan ang mga ito. Isapuso ninyo ang mga ito at gawing totoo ang mga ito—pagkatapos ay tunay mong mararanasan ang lahat ng nasabi Ko tungkol sa realidad ng paghahayag ng Diyos ng Kanyang disposisyon at paghahayag ng kung ano ang mayroon at kung ano Siya. Gayunman, kung itatala mo lamang ang mga ito sa iyong kuwaderno at hindi mo babasahing mabuti o pag-iisipan ang mga ito, hindi mo matatamo ang mga ito kailanman para sa sarili mo. Nauunawaan mo na ngayon, hindi ba? Pagkatapos mag-usap-usap tungkol sa tatlong paksang ito, kapag nagtamo ang mga tao ng pangkalahatan—o kahit ng partikular—na pagkaunawa sa katayuan, pinakadiwa, at disposisyon ng Diyos, ganap na ba nilang mauunawaan ang Diyos? (Hindi.) Ngayon, sa sarili ninyong pagkaunawa sa Diyos, may iba pa bang mga aspeto kung saan sa pakiramdam ninyo ay kailangan pa ninyo ng mas malalim na pag-unawa? Ibig sabihin, ngayong nagtamo ka na ng pagkaunawa tungkol sa awtoridad ng Diyos, sa Kanyang matuwid na disposisyon, at sa Kanyang kabanalan, marahil ay naitatag mo na sa iyong isipan ang Kanyang natatanging katayuan at kalagayan; subalit kailangan mo pa ring makita, maunawaan, at mapalalim ang iyong kaalaman tungkol sa Kanyang mga kilos, Kanyang kapangyarihan, at sa Kanyang pinakadiwa sa pamamagitan ng sarili mong karanasan. Ngayong nakinig na kayo sa mga pagbabahaging ito, kahit paano ay nakatatag na sa inyong puso ang isang saligan ng pananampalataya: Totoong mayroong Diyos, at totoong pinangangasiwaan Niya ang lahat ng bagay. Hindi maaaring suwayin ng sinumang tao ang Kanyang matuwid na disposisyon; ang Kanyang kabanalan ay isang katiyakang hindi maaaring pagdudahan ng sinuman. Totoo ang mga ito. Itinutulot ng mga pagbabahaging ito ang katayuan at kalagayan ng Diyos na magkaroon ng pundasyon sa puso ng mga tao. Kapag naitatag na ang pundasyong ito, kailangang sikapin ng mga tao na higit na makaunawa.

Kuwento 1: Isang Binhi, Lupa, Isang Puno, ang Sikat ng Araw, mga Ibon, at Tao

Sa araw na ito ay magbabahagi Ako sa inyo tungkol sa isang bagong paksa. Ano ang paksang ito? Ang pamagat nito ay: “Ang Diyos ang Pinagmumulan ng Buhay para sa Lahat ng Bagay.” Hindi ba medyo napakalaki ng paksang ito? Para bang hindi ninyo ito kayang abutin? “Ang Diyos ang Pinagmumulan ng Buhay para sa Lahat ng Bagay”—maaaring isipin ng mga tao na malayong mangyari ang paksang ito, ngunit kailangan itong maunawaan ng lahat ng sumusunod sa Diyos, dahil hindi ito maihihiwalay sa kaalaman ng bawat tao tungkol sa Diyos at sa kanilang kakayanang palugurin Siya at pagpitaganan. Kaya nga Ako magbabahagi tungkol sa paksang ito. Medyo posible na may simple at naunang pagkaunawa ang mga tao sa paksang ito, o marahil ay batid nila ito kahit paano. Maaaring ang kaalaman o kamalayang ito, sa

isipan ng ilang tao, ay may kalakip na isang simple o mababaw na antas ng pagkaunawa. Maaaring ang iba ay may ilang espesyal na karanasan sa kanilang puso na nag-akay sa kanila patungo sa malalim at personal na karanasan sa paksang ito. Ngunit ang naunang kaalamang iyon, malalim man o mababaw, ay may pinapanigan at hindi sapat ang katiyakan. Kaya, ito ang dahilan kaya Ko napili ang paksang ito para sa pagbabahagi: upang tulungan kayong magtamo ng mas malalim at mas tiyak na pagkaunawa. Gagamit Ako ng isang espesyal na paraan upang magbahagi sa inyo tungkol sa paksang ito, isang pamamaraang hindi pa natin nagamit noon, isang pamamaraan na maaari ninyong matagpuan na medyo hindi pangkaraniwan, o medyo hindi komportable. Malalaman ninyo ang ibig Kong sabihin pagkatapos. Mahilig ba kayo sa mga kuwento? (Oo.) Kung gayon, tila mabuti ang pasiya Kong magkuwento, yamang mahilig kayong lahat sa mga ito. Ngayon, magsimula na tayo. Hindi na ninyo kailangang magtala. Hinihiling Ko na maging kalmado kayo, at huwag malikot. Maaari kayong pumikit kung sa tingin ninyo'y maaari kayong magambala ng inyong kapaligiran o ng mga tao sa paligid ninyo. Mayroon Akong isang magandang kuwentong ilalahad sa inyo. Ito ay isang kuwento tungkol sa isang binhi, lupa, isang puno, sikat ng araw, mga ibon, at tao. Sino ang mga pangunahing tauhan dito? (Isang binhi, lupa, isang puno, sikat ng araw, mga ibon, at tao.) Isa ba ang Diyos sa kanila? (Hindi.) Gayon pa man, natitiyak Ko na magiginhawahan at masisiyahan kayo pagkatapos ninyong marinig ang kuwentong ito. Ngayon, mangyaring tahimik na makinig.

Nalaglag sa lupa ang isang maliit na binhi. Bumuhos ang napakalakas na ulan, at nagkaroon ng murang usbong ang binhi, habang ang mga ugat nito ay dahan-dahang sumiksik sa ilalim ng lupa. Lumago ang usbong sa paglipas ng panahon, na tinitis ang malulupit na hangin at matitinding ulan, na sumasaksi sa pagpapalit ng mga panahon habang lumalaki at lumiliit ang buwan. Sa tag-araw, nagkaloob ng tubig ang lupa upang makayanan ng usbong ang nakakapasong init ng panahon. At dahil sa lupa, hindi natuyo sa init ang usbong, at sa gayon ay lumipas ang pinakamalalang init ng tag-araw. Pagsapit ng taglamig, binalot ng mainit na yakap ng lupa ang usbong, at kumapit nang mahigpit ang lupa at usbong sa isa't isa. Binigyan ng lupa ng init ang usbong, at sa gayon ay nabuhay ito sa kabila ng masaklap na lamig ng panahon, at hindi napinsala ng malalamig na unos at bagyo ng niyebe. Kinakanlungan ng lupa, lumagong matapang at masaya ang usbong; pinagyaman ng lupa nang walang pag-iimbot, lumago ito nang malusog at matatag. Masaya itong lumago, umaawit sa ulan, sumasayaw at umiindayog sa ihip ng hangin. Umaasa ang usbong at ang lupa sa isa't isa ...

Lumipas ang mga taon, at lumago ang usbong at naging matayog na puno. Matatag itong tumayo sa ibabaw ng lupa, na may matatabang sanga na may napakaraming dahon. Ang mga ugat ng puno ay patuloy na nakabaon sa lupa tulad ng dati, at nakabaon na nang malalim sa lupa. Ang lupa, na minsang nagprotekta sa munting usbong, ang siya na ngayong pundasyon para sa isang napakalaking puno.

Isang sinag ng sikat ng araw ang kuminang sa puno. Inindayog ng puno ang katawan

nito at iniunat nang husto ang mga sanga nito at sininghot nang malalim ang hanging naliliwanagan ng araw. Pagkatapos noon, umihip ang sariwang hangin mula sa mga sanga, at nanginig sa tuwa ang puno, na masiglang kumikislot-kislot. Umaasa ang puno at ang sikat ng araw sa isa't isa ...

Naupo ang mga tao sa malamig na lilim ng puno at nagpakasaya sa mabilis at mabangong hangin. Nilinis ng hangin ang kanilang puso't mga baga, at nilinis nito ang dugong nananalaytay sa kanila, at hindi na matamlay o mabigat ang kanilang katawan. Umaasa ang mga tao at ang puno sa isa't isa ...

Dumapo ang isang kawan ng humuhuning mga ibon sa mga sanga ng puno. Marahil ay lumapag ang mga ito roon upang iwasan ang isang maninila, o upang magparami at palakihin ang kanilang mga inakay, o marahil ay nagpapahinga lang sila sandali. Umaasa ang mga ibon at ang puno sa isa't isa ...

Ang mga ugat ng puno, na baluktot at buhul-buhol, ay nakabaon nang malalim sa lupa. Gamit ang katawan nito, kinanlungan nito ang lupa mula sa hangin at ulan, at iniunat ang mga sanga nito upang protektahan ang lupa sa paanan nito. Ginawa iyon ng puno dahil ang lupa ang ina nito. Pinalalakas nila ang isa't isa at umaasa sila sa isa't isa, at hindi sila kailanman maghihiwalay ...

Kaya, nagwawakas ang kuwentong ito. Ang ikinuwento Ko ay tungkol sa isang binhi, lupa, isang puno, sikat ng araw, mga ibon, at tao. Lilang tagpo lamang iyon. Ano ang ipinadama nito sa inyo? Kapag nagsasalita Ako sa ganitong paraan, nauunawaan ba ninyo ang sinasabi Ko? (Nauunawaan namin.) Sabihin naman ninyo ang nadama ninyo. Ano ang nadama ninyo matapos marinig ang kuwentong ito? Dapat Ko munang sabihin sa inyo na lahat ng tauhan sa kuwento ay makikita at mahahawakan; totoo ang mga ito, hindi mga talinghaga. Nais Kong isaalang-alang ninyo ang Aking sinabi. Walang anumang malabo sa Aking kuwento, at maipapahayag ang mga pangunahing punto nito sa ilang pangungusap mula sa kuwento. (Maganda ang inilalarawan ng kuwentong narinig namin. Nabuhay ang isang binhi at habang ito ay lumalago, nararanasan nito ang apat na panahon ng taon: tagsibol, tag-araw, taglagas, at taglamig. Pinagyaman ng lupa ang umuusbong na binhi na tulad ng gagawin ng isang ina. Binibigyan nito ang usbong ng init sa taglamig upang matagalan nito ang lamig. Nang maging puno na ang usbong, sinisinagan ng sikat ng araw ang mga sanga nito, na nagdudulot dito ng labis na kagalakan. Nakikita ko na sa lahat ng nilikha ng Diyos, buhay rin ang lupa, at na umaasa ito at ang puno sa isa't isa. Nakikita ko rin ang matinding init na ipinagkakaloob ng sikat ng araw sa puno, at nakikita ko nakikitipon ang mga ibon, karaniwang nilalang man ang mga ito, sa puno at sa mga tao sa isang larawan ng lubos na pagkakaisa. Ito ang nadama ko sa puso ko nang pakinggan ko ang kuwentong ito; napagtanto ko na lahat ng bagay ay talagang buhay.) Magaling! May idaragdag pa ba ang sinuman? (Sa kuwentong ito ng isang binhing umuusbong at lumalago hanggang sa maging isang mataas na puno, nakikita ko ang pagiging kamangha-mangha ng likha ng Diyos. Nakikita ko na ginawa ng Diyos na lahat ng bagay ay nagpapatibay at umaasa sa isa't isa, at na

lahat ng bagay ay magkakaugnay at naglilingkod sa isa't isa. Nakikita ko ang karunungan ng Diyos, ang Kanyang pagiging kamangha-mangha, at nakikita ko na Siya ang pinagmumulan ng buhay para sa lahat ng bagay.)

Lahat ng kasasabi Ko pa lang ay isang bagay na nakita na ninyo dati. Ang mga binhi, halimbawa—lumalago ang mga ito at nagiging mga puno, at bagama't maaaring hindi mo kayang makita ang bawat detalye ng proseso, alam mo na nangyayari ito, hindi ba? Alam mo rin ang tungkol sa lupa at sa sikat ng araw. Ang imahe ng mga ibong nakadapo sa isang puno ay isang bagay na nakita na ng lahat, tama ba? At ang imahe ng mga taong nagpapalamig sa lilim ng isang puno—nakita na ninyong lahat ito, tama ba? (Oo.) Kung gayon, kapag nasa iisang imahe lamang ang lahat ng bagay na ito, ano ang ipinadarama ng imahe? (Damdamin ng pagkakaisa.) Nagmumula ba sa Diyos ang bawat isa sa mga bagay na nasa imaheng iyon? (Oo.) Dahil nagmumula sila sa Diyos, alam ng Diyos ang kahalagahan at kabuluhan ng pag-iral sa mundo ng lahat ng iba't ibang bagay na ito. Nang likhain ng Diyos ang lahat ng bagay, nang planuhin at likhain Niya ang bawat bagay, ginawa Niya iyon nang may layon; at nang likhain Niya ang mga bagay na iyon, bawat isa ay puno ng buhay. Ang kapaligirang nilikha Niya para sa pag-iral ng sangkatauhan, tulad ng kalalarawan sa ating kuwento, ay isang kapaligiran kung saan umaasa ang mga binhi at ang lupa sa isa't isa, kung saan mapagyayaman ng lupa ang mga binhi at nakabaon ang mga binhi sa lupa. Ang ugnayang ito ay itinalaga ng Diyos sa pinakasimula ng Kanyang paglikha. Ang tagpo ng isang puno, sikat ng araw, mga ibon, at mga tao ay isang paglalarawan ng buhay na kapaligirang nilikha ng Diyos para sa sangkatauhan. Una, hindi maaiiwanan ng puno ang lupa, ni hindi ito maaaring mawalan ng sikat ng araw. Kung gayon, ano ang layunin ng Diyos sa paglikha ng puno? Masasabi ba natin na para lamang ito sa lupa? Masasabi ba natin na para lamang ito sa mga ibon? Masasabi ba natin na para lamang ito sa mga tao? (Hindi.) Ano ang kaugnayan sa pagitan nila? Ang kaugnayan sa pagitan nila ay pinalalakas nila ang isa't isa, umaasa sila sa isa't isa at hindi sila mapaghihiwalay. Ibig sabihin, ang lupa, ang puno, ang sikat ng araw, ang mga ibon, at ang mga tao ay umaasa sa isa't isa para umiral at pangalagaan ang isa't isa. Pinoprotektahan ng puno ang lupa, at pinagyayaman ng lupa ang puno; pinalalakas ng sikat ng araw ang puno, samantalang nakakakuha ng sariwang hangin ang puno mula sa sikat ng araw at binabawasan ang nakakapasong init ng araw sa lupa. Sino ang nakikinabang dito sa huli? Ang sangkatauhan, hindi ba? Ito ay isa sa mga prinsipyo sa likod ng kapaligirang tinitirhan ng sangkatauhan, na nilikha ng Diyos; ito ang nilayon ng Diyos noong una pa man. Kahit simple ang imaheng ito, makikita natin dito ang karunungan ng Diyos at ang Kanyang layon. Hindi mabubuhay ang sangkatauhan kung wala ang lupa, o wala ang mga puno, lalo na kung wala ang mga ibon at ang sikat ng araw. Hindi ba ganoon ito? Kahit ito ay isang kuwento lamang, ang ipinapakita nito ay isang munting paglalarawan ng paglikha ng Diyos sa kalangitan at lupa at lahat ng bagay at sa Kanyang kaloob na isang kapaligiran kung saan maaaring mabuhay ang sangkatauhan.

Nilikha ng Diyos ang kalangitan at lupa at lahat ng bagay para sa sangkatauhan, pati na ang isang kapaligiran upang tirhan. Una, ang pangunahing puntong tinalakay ng ating kuwento ay ang pagpapalakas sa isa't isa, pag-asa sa isa't isa, at ang pag-iral ng lahat ng bagay nang magkakasama. Sa ilalim ng prinsipyong ito, ang kapaligiran ng pag-iral ng sangkatauhan ay protektado; maaari itong umiral at mapanatili. Dahil dito, ang sangkatauhan ay maaaring umunlad at magparami. Ang imaheng nakita natin ay ang puno, ang lupa, sikat ng araw, mga ibon, at mga tao na magkakasama. Nasa imaheng ito ba ang Diyos? Hindi Siya nakita roon ninuman. Ngunit nakita nga ng isang tao ang panuntunan ng pagpapalakas at pag-asa sa isa't isa sa pagitan ng mga bagay sa tagpong ito; sa panuntunang ito, nakikita ng isang tao ang pag-iral at dakilang kapangyarihan ng Diyos. Ginagamit ng Diyos ang prinsipyong iyon at patakarang iyon upang ingatan ang buhay at pag-iral ng lahat ng bagay. Sa ganitong paraan, naglalaan Siya para sa lahat ng bagay at para sa sangkatauhan. May koneksyon ba ang kuwentong ito sa ating pangunahing tema? Sa tingin, parang wala, ngunit ang totoo, ang panuntunang ginamit ng Diyos sa paglikha ng lahat ng bagay at sa Kanyang kapamahalaan sa lahat ng bagay ay lubhang nauugnay sa Kanyang pagiging pinagmumulan ng buhay para sa lahat ng bagay. Ang mga katunayang ito ay hindi mapaghihiwalay. Ngayon ay nagsisimula na kayong matuto!

Ang Diyos ang nag-uutos sa mga patakarang namamahala sa operasyon ng lahat ng bagay; Siya ang nag-uutos sa mga patakarang namamahala sa ikabubuhay ng lahat ng bagay; Siya ang nagkokontrol sa lahat ng bagay, at nagtatalaga sa mga ito na kapwa magpatibay at umasa sa isa't isa, para hindi mapahamak o maglaho ang mga ito. Sa gayon lamang maaaring patuloy na mabuhay ang sangkatauhan; sa gayon lamang sila maaaring mabuhay sa ilalim ng patnubay ng Diyos sa gayong kapaligiran. Ang Diyos ang maestro ng mga patakarang ito ng operasyon, at walang sinuman ang maaaring makialam sa mga ito, ni hindi nila mababago ang mga ito. Tanging ang Diyos Mismo ang nakakaalam sa mga patakarang ito at Siya Mismo lamang ang nakapamahala sa mga ito. Kung kailan uusbong ang mga puno, kung kailan uulan, gaano karaming tubig at gaano karaming sustansiya ang ibibigay ng lupa sa mga halaman; sa anong panahon malalaglag ang mga dahon; sa anong panahon mamumunga ang mga puno; gaano karaming sustansiya ang ibibigay ng sikat ng araw sa mga puno; ano ang ihihingang palabas ng mga puno matapos mapakain ng sikat ng araw—ang lahat ng bagay na ito ay patiunang itinalaga ng Diyos nang likhain Niya ang lahat ng bagay, bilang mga patakaran na walang makasisira. Ang mga bagay na nilikha ng Diyos, maging sila ay buhay o lumilitaw na walang buhay sa mga mata ng tao, ay nasa kamay Niya, kung saan Niya sila kinokontrol at pinaghaharian. Walang sinuman ang makapagbabago o makasisira sa mga patakarang ito. Ibig sabihin, nang nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay, patiunang itinakda Niya na kung wala ang lupa, ang puno ay hindi maaaring magkaugat, umusbong, at lumago; na kung ang lupa ay walang mga puno, ito ay matutuyo; na ang puno ang magiging tahanan ng mga ibon at ang lugar kung saan sila maaaring

magkanlong mula sa malakas na hangin. Mabubuhay ba ang puno kung wala ang lupa? Hinding-hindi. Mabubuhay ba ito kung walang araw o ulan? Hindi rin. Ang lahat ng bagay na ito ay para sa sangkatauhan, para sa ikabubuhay ng sangkatauhan. Mula sa puno, nakatatanggap ang tao ng sariwang hangin, at nabubuhay sa ibabaw ng lupa, na pinangangalagaan ng puno. Hindi mabubuhay ang tao nang walang sikat ng araw o iba't ibang mga bagay na nabubuhay. Bagaman kumplikado ang mga ugnayang ito, kailangan mong tandaan na nilikha ng Diyos ang mga patakaran na namamahala sa lahat ng bagay upang mapalakas ng mga ito ang isa't isa, umasa ang mga ito sa isa't isa, at sama-samang umiral. Sa madaling salita, bawa't isang bagay na Kanyang nilikha ay may halaga at kabuluhan. Kung ang Diyos ay lumikha ng isang bagay na walang kabuluhan, paglalahuin ito ng Diyos. Ito ay isa sa mga pamamaraan na ginagamit ng Diyos upang maglaan para sa lahat ng bagay. Ano ang tinutukoy ng mga salitang "maglaan para sa" sa kuwentong ito? Dinidiligan ba ng Diyos ang puno araw-araw? Kailangan ba ng puno ang tulong ng Diyos para makahinga? (Hindi.) Ang "maglaan para sa" dito ay tumutukoy sa pamamahala ng Diyos sa lahat ng bagay pagkatapos ng kanilang paglikha; sapat na para sa Diyos na pamahalaan ang mga ito matapos itatag ang mga patakarang namamahala sa kanila. Sa sandaling maitanim ang binhi sa lupa, ang puno ay lumalagong mag-isa. Ang mga kondisyon para sa paglago nito ay nilikha lahat ng Diyos. Ginawa ng Diyos ang sikat ng araw, ang tubig, ang lupa, ang hangin, at ang nakapaligid na kapaligiran; ginawa ng Diyos ang malakas na hangin, nagyelong hamog, niyebe, at ulan at ang apat na panahon. Ito ang mga kondisyon na kinakailangan ng puno upang lumago, at ito ang mga bagay na inihanda ng Diyos. Kaya, ang Diyos ba ang pinagmumulan nitong buhay na kapaligiran? (Oo.) Kailangan bang bilangin ng Diyos ang bawa't dahon sa mga puno araw-araw? Hindi! Ni hindi rin kailangan na tulungan ng Diyos ang puno na makahinga o gisingin araw-araw ang sikat ng araw, na nagsasabing, "Oras na upang magbigay ng liwanag sa mga puno ngayon." Hindi Niya kailangang gawin iyon. Ang araw ay sumisikat nang kusa kapag oras na para sumikat ito, alinsunod sa mga patakaran; lumilitaw at nagliliwanag ito sa puno at sinisipsip ng puno ang sikat ng araw kapag kinakailangan, at kapag hindi, ang puno ay nabubuhay pa rin sa ilalim ng mga patakaran. Maaaring hindi ninyo kayang ipaliwanag ang kababalaghang ito nang malinaw, nguni't ito ay isang katunayan gayunpaman, na maaaring makita at kilalanin ng lahat. Ang dapat mo lang gawin ay tanggapin na ang mga patakarang namamahala sa pag-iral ng lahat ng bagay ay mula sa Diyos, at malaman na ang Diyos ay may kapangyarihan sa paglago at ikabubuhay ng lahat ng bagay.

Ngayon, naglalaman ba ang kuwentong ito ng tinutukoy ng mga tao na isang "metapora"? Ito ba ay isang personipikasyon? (Hindi.) Totoo ang naikuwento Ko. Lahat ng klase ng bagay na nabubuhay, lahat ng bagay na may buhay, ay pinamamahalaan ng Diyos; bawat bagay na nabubuhay ay pinuspos ng buhay ng Diyos nang likhain ito; ang buhay ng bawat bagay na nabubuhay ay nagmumula sa Diyos at sumusunod sa landas at mga batas na gumagabay rito. Hindi kinakailangan ng tao na baguhin ito, ni

hindi nito kinakailangan ang tulong ng tao; ito ang isa sa mga paraan na naglalaan ang Diyos para sa lahat ng bagay. Nauunawaan ninyo, hindi ba? Palagay ba ninyo kailangan itong kilalanin ng mga tao? (Oo.) Kaya, may kinalaman ba ang kuwentong ito sa biology? May kaugnayan ba ito kahit paano sa isang larangan ng kaalaman o isang sangay ng pag-aaral? Hindi biology ang tinatalakay natin, at tiyak na hindi tayo nagsasagawa ng pagsasaliksik sa biology. Ano ang pangunahing ideya ng ating pag-uusap? (Ang Diyos ang pinagmumulan ng buhay para sa lahat ng bagay.) Ano ang nakita ninyo sa lahat ng bagay na nilikha? Nakakita ba kayo ng mga puno? Nakita na ba ninyo ang lupa? (Oo.) Nakita na ninyo ang sikat ng araw, hindi ba? Nakakita na ba kayo ng mga ibong nakadapo sa mga puno? (Oo.) Masaya ba ang sangkatauhan na mamuhay sa gayong kapaligiran? (Oo.) Ibig sabihin, ginagamit ng Diyos ang lahat ng bagay—ang mga bagay na Kanyang nilikha—upang mapanatili at maprotektahan ang tahanan ng sangkatauhan, ang kapaligiran ng kanilang buhay. Sa ganitong paraan, naglalaan ang Diyos para sa sangkatauhan at para sa lahat ng bagay.

Nagustuhan ba ninyo ang estilo ng pananalitang ito, ang paraan ng Aking pagbabahagi? (Madali itong maunawaan, at maraming halimbawa sa tunay na buhay.) Hindi hungkag ang mga salitang sinasabi Ko, hindi ba? Kailangan ba ng mga tao ang kuwentong ito upang maunawaan na ang Diyos ang pinagmumulan ng buhay para sa lahat ng bagay? (Oo.) Kung gayon, magpatuloy tayo sa ating susunod na kuwento. Ang susunod na kuwento ay medyo naiiba ang nilalaman, at medyo iba rin ang tuon. Lahat ng lumilitaw sa kuwentong ito ay nakikita mismo ng mga tao sa mga nilikha ng Diyos. Ngayon, sisimulan Ko ang susunod Kong ikukuwento. Mangyari lamang na makinig kayo nang tahimik at tingnan ninyo kung mauunawaan ninyo ang ibig Kong sabihin. Pagkatapos Kong magkuwento, tatanungin Ko kayo ng ilang bagay upang makita kung gaano karami ang natutuhan ninyo. Ang mga tauhan sa kuwentong ito ay isang mataas na bundok, isang munting sapa, isang malakas na hangin, at isang napakalaking alon.

Kuwento 2: Isang Mataas na Bundok, Isang Munting Sapa, Isang Malakas na Hangin, at Isang Napakalaking Alon

May isang munting sapa na paliku-liko ang daloy, hanggang sa bandang huli ay makarating sa paanan ng isang mataas na bundok. Nakaharang ang bundok sa daanan ng munting sapa, kaya sinabi ng munting sapa sa bundok sa mahina at maliit na boses nito, “Paraan naman. Sagabal ka sa daanan ko at nakaharang ka sa daanan ko.” “Saan ka pupunta?” tanong ng bundok. “Hinahanap ko ang bahay ko,” sagot ng sapa. “Sige, humayo ka at dumaloy sa ibabaw ko!” Ngunit napakahina at napakaliit pa ng sapa, kaya walang paraan para makadaloy ito sa ibabaw ng gayon kataas na bundok. Maaari lamang patuloy na dumaloy iyon doon sa may paanan ng bundok ...

Umihip ang isang malakas na hangin, na may dalang buhangin at basura kung saan nakatayo ang bundok. Umugong ang hangin sa bundok, “Paraanin mo ako!” “Saan ka pupunta?” tanong ng bundok. “Gusto kong magpunta sa kabila ng bundok,” umuugong

na sagot ng hangin. “Sige, kung kaya mong lumusot sa gitna ko, sumige ka!” Umugong nang umugong ang malakas na hangin, ngunit gaano man kalakas itong umihip, hindi ito makalusot sa gitna ng bundok. Napagod ang hangin at tumigil para magpahinga—at sa kabila ng bundok, nagsimulang umihip ang banayad na hangin, na ikinagalak ng mga tao roon. Ito ang naging pagbati ng bundok sa mga tao ...

Sa dalampasigan, ang wisik ng karagatan ay marahang gumulong sa mabatong baybayin. Biglang dumating ang isang napakalaking alon at rumagasa patungo sa bundok. “Tabi!” sigaw ng napakalaking alon. “Saan ka pupunta?” tanong ng bundok. Hindi mapigil ang pagsulong nito, dumagundong ang alon, “Pinapalawak ko ang aking teritoryo! Gusto kong iunat ang mga braso ko!” “Sige, kung makakalagpas ka sa tuktok ko, pararaanin kita.” Umatras nang kaunti ang napakalaking alon, at muling dumaluyong patungo sa bundok. Ngunit gaano man ito nagsikap, hindi ito makalagpas sa tuktok ng bundok. Gumulong lamang nang dahan-dahan ang alon pabalik sa dagat ...

Sa loob ng libu-libong taon, marahang umagos ang munting sapa sa paligid ng paanan ng bundok. Sa pagsunod sa mga bilin ng bundok, nakabalik ang munting sapa sa pinagmulan nito, kung saan sumanib ito sa isang ilog, na sumanib naman sa dagat. Sa ilalim ng pangangalaga ng bundok, hindi kailanman naligaw ang munting sapa. Pinatibay ng sapa at ng bundok ang isa’t isa at umasa sila sa isa’t isa; pinalakas nila ang isa’t isa, kinontra ang isa’t isa, at umiral sila nang magkasama.

Sa loob ng libu-libong taon, umihip ang malakas na hangin, tulad ng nakagawian nito. “Dinalaw” pa rin nito nang madalas ang bundok, na may kasamang mga pag-alimpuyo ng buhangin na umiikot sa mga pagbugso nito. Nagbanta ito sa bundok, ngunit hindi ito nakalusot kailanman sa gitna nito. Pinatibay ng hangin at ng bundok ang isa’t isa at umasa sila sa isa’t isa; pinalakas nila ang isa’t isa, kinontra ang isa’t isa, at umiral sila nang magkasama.

Sa loob ng libu-libong taon, hindi tumigil ang napakalaking alon kailanman para magpahinga, at walang-tigil itong rumagasa pasulong, na patuloy na pinalalawak ang teritoryo nito. Dumadagundong ito at dumaluyong nang paulit-ulit patungo sa bundok, subalit hindi kailanman gumalaw ang bundok kahit isang pulgada. Binantayan ng bundok ang dagat, at sa ganitong paraan, dumami at lumago ang mga nilalang sa dagat. Pinatibay ng alon at ng bundok ang isa’t isa at umasa sila sa isa’t isa; pinalakas nila ang isa’t isa, kinontra ang isa’t isa, at umiral sila nang magkasama.

Diyan nagtatapos ang ating kuwento. Una, sabihin ninyo sa Akin, tungkol saan ang kuwentong ito? Sa simula, may isang mataas na bundok, isang munting sapa, isang malakas na hangin, at isang napakalaking alon. Ano ang nangyari sa unang bahagi, sa munting sapa at sa mataas na bundok? Bakit Ko napiling magkuwento tungkol sa isang sapa at isang bundok? (Sa pangangalaga ng bundok, hindi naligaw ng landas ang sapa kailanman. Umasa sila sa isa’t isa.) Sasabihin ba ninyo na pinrotektahan o hinarangan ng bundok ang munting sapa? (Pinrotektahan ito.) Ngunit hindi ba nito hinarangan iyon? Iningatan nito at ng sapa ang isa’t isa; pinrotektahan ng bundok ang sapa at hinarangan

din iyon. Pinrotektahan ng bundok ang sapa nang sumanib ito sa ilog, ngunit hinarangan ito para hindi ito dumaloy kung saan-saan, at magsanhi ng mga pagbaha at kapahamakan sa mga tao. Hindi ba tungkol dito ang bahaging ito? Sa pagprotekta sa sapa at pagharang dito, naingatan ng bundok ang mga bahay ng mga tao. Pagkatapos ay sumanib ang sapa sa ilog sa paanan ng bundok at dumaloy papunta sa dagat. Hindi ba ito ang panuntunang namamahala sa pag-iral ng sapa? Ano ang nagbigay-kakayahan sa sapa na sumanib sa ilog at sa dagat? Hindi ba ang bundok? Umasa ang sapa sa proteksyon ng bundok at sa pagharang nito. Kaya, hindi ba ito ang pangunahing punto? Nakikita mo ba rito ang kahalagahan ng mga bundok sa tubig? May layunin ba ang Diyos sa paggawa Niya sa bawat bundok, mataas at mababa? (Oo.) Ipinapakita sa atin ng maikling bahaging ito ng kuwento, na walang anuman maliban sa isang munting sapa at isang mataas na bundok, ang halaga at kabuluhan ng paglikha ng Diyos sa dalawang ito; ipinapakita rin nito sa atin ang Kanyang karunungan at layunin sa Kanyang pamamahala sa mga ito. Hindi ba ganoon?

Tungkol saan ang ikalawang bahagi ng kuwento? (Isang malakas na hangin at ang mataas na bundok.) Mabuting bagay ba ang hangin? (Oo.) Hindi sa lahat ng oras—kung minsan ay napakalakas ng hangin at nagsasanhi ng kapinsalaan. Ano ang madarama mo kung patayuin ka sa gitna ng malakas na hangin? Depende iyan sa lakas nito. Kung ikatlo o ikaapat na lebel lamang ang hangin, matatagalan pa. Kadalasan, maaaring mahirapan ang isang tao na manatiling nakamulat ang mga mata. Ngunit kung lumakas ang hangin at naging bagyo, matatagalan mo ba iyon? Hindi. Kaya, maling sabihin ng mga tao na palaging mabuti ang hangin, o na palagi itong masama, dahil depende ito sa lakas nito. Ngayon, ano ang tungkulin ng bundok dito? Hindi ba para salain ang hangin? Ano ang ginagawa ng bundok sa malakas na hangin? (Ginagawa itong banayad.) Ngayon, sa kapaligirang tinitirhan ng mga tao, nakakaranas ba ang karamihan sa mga tao ng malalakas na hangin o ng mga banayad na hangin? (Mga banayad na hangin.) Hindi ba isa ito sa mga layunin ng Diyos, isa sa Kanyang mga layon sa paglikha ng mga bundok? Ano kaya ang mangyayari kung nakatira ang mga tao sa isang kapaligiran kung saan mabangis na umiikot sa malakas na hangin ang buhangin, nang walang sumasangga o humaharang dito? Maaari kayang hindi maaaring tirhan ang isang lupain na palaging may nagliliparang buhangin at bato? Maaaring tumama ang nagliliparang mga bato sa mga tao, at maaari silang bulagin ng buhangin. Maaaring tangayin ng malakas na hangin ang mga tao o ilipad sila nito sa hangin. Maaaring masira ang mga bahay, at mangyari ang lahat ng uri ng kapinsalaan. Subalit may halaga ba ang pag-iral ng malakas na hangin? Sinabi Kong masama iyon, kaya maaaring madama ng isang tao na wala itong halaga, ngunit ganoon nga ba? Wala ba iyong halaga kapag naging banayad na hangin iyon? Ano ang pinaka-kailangan ng mga tao kapag mahalumigmig o napakainit? Kailangan nila ng banayad na hangin, upang marahang umihip sa kanila, upang mapreskuhan sila at tumigil na sa kaiisip, upang tumalas ang kanilang isipan, upang ayusin at pagandahin ang estado ng kanilang pag-iisip. Ngayon, halimbawa,

nakaupo kayong lahat sa isang silid na maraming tao at walang hangin—ano ang pinaka-kailangan ninyo? (Isang banayad na hangin.) Ang pagpunta sa isang lugar kung saan malagkit at marumi ang hangin ay mapapabagal ang pag-iisip ng isang tao, mapapababa ang daloy ng kanilang dugo, at makakabawas sa kalinawan ng isipan. Gayunman, ang kaunting paggalaw at paglibot ay magpapasariwa sa hangin, at iba ang pakiramdam ng mga tao sa sariwang hangin. Bagama't maaaring magsanhi ng kapinsalaan ang munting sapa, bagama't maaaring magsanhi ng kapinsalaan ang malakas na hangin, hangga't naroon ang bundok, ang panganib ay gagawin nitong isang puwersang kapaki-pakinabang sa mga tao. Hindi ba tama iyon?

Tungkol saan ang ikatlong sipi ng kuwento? (Ang malaking bundok at ang dambuhalang alon.) Ang malaking bundok at ang dambuhalang alon. Ang tagpo ng siping ito ay sa dalampasigan sa paanan ng bundok. Makikita natin ang bundok, ang tilamsik ng karagatan, at isang napakalaking alon. Ano ang silbi ng bundok sa alon sa pagkakataong ito? (Isang tagapagsanggalang at isang harang.) Ito ay kapwa tagapagsanggalang at harang. Bilang isang tagapagsanggalang, pinipigilan nito ang paglaho ng dagat, upang makapagparami at umunlad ang mga nilalang na naninirahan dito. Bilang isang harang, pinipigilan nito ang tubig-dagat na umapaw at maging sanhi ng sakuna, na makapinsala at makasira sa mga tahanan ng mga tao. Kaya masasabi natin na ang bundok ay kapwa tagapagsanggalang at harang.

Ito ang kabuluhan ng pagkakaugnay ng malaking bundok at ng munting sapa, ng malaking bundok at ng malakas na hangin, at ng malaking bundok at ng dambuhalang alon; ito ang kabuluhan ng kanilang pagpapalakas at paglilimita sa isa't isa, at ng pag-iral nila nang magkakasama. Ang mga bagay na ito, na nilikha ng Diyos, ay pinamumunuan sa kanilang pag-iral ng isang patakaran at isang batas. Kaya, anong mga gawa ng Diyos ang nakita ninyo sa kuwentong ito? Hindi na ba pinapansin ng Diyos ang lahat ng bagay mula nang likhain Niya ang mga ito? Gumawa ba Siya ng mga patakaran at dinisenyo ang mga paraan ng pagtakbo ng lahat ng bagay, para lamang pabayaang mga ito pagkatapos? Iyon ba ang nangyari? (Hindi.) Ano ang nangyari kung gayon? Kontrolado pa rin ng Diyos ang mga bagay-bagay. Kontrolado Niya ang tubig, ang hangin, at ang mga alon. Hindi Niya hinahayaang magwala ang mga ito, ni hinahayaan ang mga ito na pinsalain o sirain ang mga tahananang tinitirhan ng mga tao. Dahil dito, maaaring mabuhay, magparami at umunlad sa lupa ang mga tao. Nangangahulugan ito na noong likhain Niya ang lahat ng bagay, naplano na ng Diyos ang mga patakaran sa pag-iral ng mga ito. Nang likhain ng Diyos ang bawa't bagay, tiniyak Niya na makikinabang dito ang sangkatauhan, at kinontrol Niya ito, upang hindi ito makagulo o magdulot ng sakuna sa sangkatauhan. Kung hindi dahil sa pamamahala ng Diyos, hindi ba't dadaloy ang mga tubig nang walang pagpipigil? Hindi ba't ihip ang hangin nang walang pagpipigil? Sumusunod ba ang tubig at ang hangin sa mga patakaran? Kung hindi pinamahalaan ng Diyos ang mga ito, walang patakaran na mamumuno sa kanila, at ang hangin ay uugong at ang mga tubig ay hindi mapipigilan at magdudulot ng mga pagbaha. Kung

ang alon ay naging mas mataas kaysa sa bundok, makaiiral ba ang dagat? Hindi. Kung ang bundok ay hindi kasintaas ng alon, ang dagat ay hindi iiral, at mawawala ang halaga at kabuluhan ng bundok.

Nakikita ba ninyo ang karunungan ng Diyos sa dalawang kuwentong ito? Nilikha ng Diyos ang lahat ng umiiral, at Siya ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng umiiral; Siya ang namamahala sa lahat ng ito at Siya ang tumutustos sa lahat ng ito, at sa lahat ng bagay, nakikita at sinisiyasat Niya ang bawa't salita at kilos ng lahat ng umiiral. Gayon din, nakikita at sinisiyasat ng Diyos ang bawa't sulok ng buhay ng tao. Kaya, alam na alam ng Diyos ang bawa't detalye ng lahat ng umiiral sa Kanyang nilikha, mula sa tungkulin ng bawa't bagay, kalikasan nito, at mga patakaran nito para mabuhay hanggang sa kabuluhan ng buhay nito at kahalagahan ng pag-iral nito, lahat ng ito ay lubos na nalalaman ng Diyos. Nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay—iniisip ba ninyo na kailangan Niyang pag-aralan ang mga patakaran na namumuno sa mga ito? Kailangan bang pag-aralan ng Diyos ang kaalaman ng tao o ang agham upang matutuhan at maintindihan sila? (Hindi.) Mayroon bang sinuman sa sangkatauhan na mayroong kaalaman at dunong upang maintindihan ang lahat ng bagay na tulad ng Diyos? Wala, hindi ba? Mayroon bang mga astronomo o mga biyologo na talagang nauunawaan ang mga patakaran ng pamumuhay at paglago ng lahat ng bagay? Kaya ba nilang tunay na maunawaan ang halaga ng pag-iral ng bawa't bagay? (Hindi, hindi nila kaya.) Ito ay dahil ang lahat ng bagay ay nilikha ng Diyos, at gaano man karami o kalalim ang pag-aaral ng tao sa kaalamang ito, o gaano man katagal nilang pagsikapan na matutunan ito, hindi nila kailanman maaarok ang misteryo o ang layunin ng paglikha ng Diyos sa lahat ng bagay. Hindi ba't ganoon? Ngayon, mula sa ating talakayan hanggang sa puntong ito, nararamdaman ba ninyo na kayo ay nagkamit na ng bahagyang pagkaunawa sa tunay na kahulugan ng pariralang: “Ang Diyos ang Pinagmumulan ng Buhay para sa Lahat ng Bagay”? (Oo.) Alam Ko na kapag tinalakay Ko ang paksang ito—Ang Diyos ang Pinagmumulan ng Buhay para sa Lahat ng Bagay—maraming tao ang kaagad na maiisip ang isa pang parirala: “Ang Diyos ay katotohanan, at ginagamit ng Diyos ang Kanyang salita upang tustusan tayo,” at walang anumang higit pa sa gayong antas ng kahulugan ng paksa. Mararamdaman pa nga ng iba na ang pagbibigay ng Diyos ng buhay ng tao, ng pang-araw-araw na pagkain at inumin at bawa't pang-araw-araw na mga pangangailangan ay hindi maituturing na Kanyang pagtutustos para sa tao. Hindi ba't may ilan na ganito ang nararamdaman? Gayunman, hindi ba't malinaw ang layunin ng Diyos sa Kanyang paglikha—ang tulutan ang sangkatauhan na umiral at mamuhay nang normal? Pinananatili ng Diyos ang kapaligiran kung saan naninirahan ang mga tao at ibinibigay Niya ang lahat ng bagay na kinakailangan ng sangkatauhan para sila ay mabuhay. Bukod dito, Siya ang namamahala at may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay. Ang lahat ng ito ay nagpapahintulot sa sangkatauhan na mabuhay at umunlad at magparami nang normal; sa ganitong paraan nagtutustos ang Diyos sa lahat ng nilikha at sa sangkatauhan. Hindi ba't totoo na kailangang makilala at maintindihan

ng mga tao ang mga bagay na ito? Marahil maaaring sabihin ng ilan, “Ang paksang ito ay masyadong malayo sa aming pagkakilala sa tunay na Diyos Mismo, at ayaw naming malaman ito sapagka’t hindi kami nabubuhay sa tinapay lamang, kundi sa halip ay nabubuhay sa salita ng Diyos.” Tama ba ang pagkaunawang ito? (Hindi.) Bakit ito hindi tama? Magkakaroon ba kayo ng lubos na pagkaunawa sa Diyos kung ang alam lang ninyo ay ang mga bagay na sinabi ng Diyos? Kung ang tinatanggap lamang ninyo ay ang gawain ng Diyos at ang paghatol at pagkastigo ng Diyos, magkakaroon ba kayo ng ganap na pagkaunawa sa Diyos? Kung ang alam lang ninyo ay maliit na bahagi ng disposisyon ng Diyos, maliit na bahagi ng awtoridad ng Diyos, maituturing ba ninyo iyong sapat na upang matamo ang pagkaunawa sa Diyos? (Hindi.) Ang mga pagkilos ng Diyos ay nagsimula sa Kanyang paglikha sa lahat ng bagay, at nagpapatuloy ang mga ito ngayon—ang Kanyang mga pagkilos ay malinaw sa lahat ng oras, sa bawa’t saglit. Kung ang isang tao ay naniniwala na ang Diyos ay umiiral lamang dahil sa pumili Siya ng isang grupo ng mga tao upang gawaan Niya at upang iligtas, at na wala nang iba pa ang may kinalaman sa Diyos, ni Kanyang awtoridad, Kanyang katayuan, ni Kanyang mga pagkilos, maituturing ba siya na may tunay na pagkakilala sa Diyos? Ang mga tao na may ganitong tinatawag na “pagkakilala sa Diyos” ay may di-balanseng pagkaunawa lamang, kung saan ay kanilang nililimitahan ang mga gawa ng Diyos sa isang grupo ng mga tao lamang. Ito ba ay tunay na pagkakilala sa Diyos? Hindi ba’t itinatatwa ng mga taong may ganitong pagkakilala ang paglikha ng Diyos sa lahat ng bagay at ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan sa mga ito? Hindi ito nais pagtuunan ng pansin ng ilang tao, sa halip ay iniisip nila sa kanilang sarili: “Hindi ko pa nakikita ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay. Ang ideyang ito ay masyadong kakaiba, at wala akong pakialam na unawain ito. Ginagawa ng Diyos ang maibigan Niya, at wala itong kinalaman sa akin. Tinatanggap ko lamang ang pamumuno ng Diyos at ang Kanyang salita upang ako ay maligtas at magawang perpekto ng Diyos. Wala nang iba pang mahalaga sa akin. Ang mga patakaran na ginawa ng Diyos nang Kanyang likhain ang lahat ng bagay at ang Kanyang ginagawa upang tustusan ang lahat ng bagay at ang sangkatauhan ay walang kinalaman sa akin.” Anong klaseng pananalita ito? Hindi ba ito isang paghihimagsik? Mayroon bang sinuman sa inyo na mayroong ganitong pagkaunawa? Alam Ko, kahit na hindi ninyo sabihin, na napakarami sa inyo ang may ganitong pagkaunawa. Ang mga ganitong tao na mahigpit na sumusunod sa mga patakaran ay tinitingnan ang lahat ng bagay mula sa sarili nilang “espirituwal” na pananaw. Gusto nilang limitahan lamang ang Diyos sa Bibliya, limitahan ang Diyos sa mga salitang Kanyang nasabi na, sa katuturan mula sa literal na nakasulat na salita. Ayaw nilang mas makilala ang Diyos at ayaw nilang hatiin ng Diyos ang Kanyang atensyon sa paggawa ng ibang bagay. Ang ganitong uri ng pag-iisip ay parang sa bata, at masyado rin itong relihiyoso. Makikilala ba ng mga taong may ganitong mga pananaw ang Diyos? Magiging napakahirap para sa kanila na makilala ang Diyos. Sa araw na ito ay naglahad Ako ng dalawang kuwento, ang bawa’t isa ay tumatalakay sa magkaibang

aspeto. Maaaring madama ninyo, na ngayon lamang nakatagpo ang mga ito, na ang mga ito ay malalim o medyo malabo, mahirap maintindihan at maunawaan. Maaaring mahirap iugnay ang mga ito sa mga pagkilos ng Diyos at sa Diyos Mismo. Gayunpaman, ang lahat ng pagkilos ng Diyos at lahat ng Kanyang nagawa na sa loob ng paglikha at sa sangkatauhan ay dapat na malaman, nang malinaw at tumpak, ng bawa't tao, ng bawa't isa na naghahangad na makilala ang Diyos. Ang kaalamang ito ay magbibigay sa iyo ng katiyakan sa iyong paniniwala sa tunay na pag-iral ng Diyos. Bibigyan ka rin nito ng tumpak na kaalaman sa karunungan ng Diyos, sa Kanyang kapangyarihan, at sa kung paano Siya nagtutustos sa lahat ng bagay. Magbibigay-daan ito sa iyo upang malinaw na maintindihan ang tunay na pag-iral ng Diyos at makita na ang Kanyang pag-iral ay hindi kathang-isip, hindi isang alamat, hindi malabo, hindi isang teorya, at tiyak na hindi isang uri ng espirituwal na pampalubag-loob, kundi isang tunay na pag-iral. Bukod dito, tutulutan nito ang mga tao na malaman na palagi nang nagtutustos ang Diyos sa lahat ng nilikha at sa sangkatauhan; ginagawa ito ng Diyos sa sarili Niyang pamamaraan at alinsunod sa sarili Niyang kumpas. Kaya, dahil sa nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay at binigyan ang mga ito ng mga patakaran, kung kaya't nagagawa ng bawa't isa sa mga ito, sa ilalim ng Kanyang pagtatalaga, na magampanan ang mga gawaing itinakda sa kanila, matupad ang kanilang mga responsibilidad, at magampanan ang kanilang mga papel; sa ilalim ng Kanyang pagtatalaga, bawa't isang bagay ay may sariling pakinabang sa sangkatauhan at sa lugar at kapaligirang pinaninirahan ng sangkatauhan. Kung hindi iyon ginawa ng Diyos at ang sangkatauhan ay walang ganoong kapaligiran upang panirahan, ang paniniwala sa Diyos o ang pagsunod sa Kanya ay magiging imposible para sa sangkatauhan; ito ay magiging pananalitang walang saysay lamang. Hindi ba?

Balikan nating muli ang kuwento ng malaking bundok at ng munting sapa. Ano ang silbi ng bundok? Ang mga bagay na may buhay ay yumayabong sa bundok, kaya mayroong likas na halaga ang pag-iral nito, at hinaharangan din nito ang munting sapa, pinipigilan ang pagdaloy nito saan man nito naisin at pagdudulot ng kapahamakan sa mga tao. Hindi ba't ganoon? Ang bundok ay umiiral sa sarili nitong paraan, binibigyang-daan na yumabong ang napakaraming buhay na bagay dito—ang mga puno at mga damo at lahat ng iba pang mga halaman at mga hayop sa bundok. Pinapatnubayan din nito kung saan dadaloy ang munting sapa—tinitipon ng bundok ang mga tubig ng sapa at natural na inaalalayan sa palibot ng paanan nito kung saan makadadaloy ang mga ito patungo sa ilog at sa huli'y sa dagat. Ang mga patakarang ito ay hindi lumitaw nang natural, kundi ay sadyang isinaayos ng Diyos sa panahon ng paglikha. Tungkol naman sa malaking bundok at malakas na hangin, ang bundok ay nangangailangan din ng hangin. Kinakailangan ng bundok ang hangin upang hapusin ang mga buhay na bagay na naninirahan dito, habang kasabay nito ay nililimitahan ang puwersa ng malakas na hangin upang hindi ito umihip nang walang habas. Kinakatawan ng patakarang ito, sa isang aspeto, ang tungkulin ng malaking bundok; kaya ang patakaran bang ito na may

kinalaman sa tungkulin ng bundok ay nabuo sa ganang sarili nito? (Hindi.) Ito ay ginawa ng Diyos. Ang malaking bundok ay may sariling tungkulin at ang malakas na hangin ay mayroon ding sariling tungkulin. Ngayon, bumaling naman tayo sa malaking bundok at sa napakalaking alon. Kung wala ang bundok, makahahapan ba ang tubig ng direksyong dadaluyan sa ganang sarili nito? (Hindi.) Ang tubig ay magbabaha. Ang bundok ay may sariling halaga sa pag-iral bilang isang bundok, at ang dagat ay may sariling halaga sa pag-iral bilang dagat; gayunpaman, sa mga pagkakataon na maaaring normal na umiral ang mga ito nang magkasama at hindi ginagambala ang isa't isa, nililimitahan din ng mga ito ang isa't isa—nililimitahan ng malaking bundok ang dagat upang hindi ito magbaha, sa gayon ay pinangangalagaan ang mga tahanan ng mga tao, at nagbibigay-daan din na pagyamanin nito ang buhay na mga bagay na naninirahan sa loob nito. Ang anyong lupa bang ito ay nabuo na lang nang kusa? (Hindi.) Ito ay nilikha rin ng Diyos. Nakikita natin mula sa larawang ito na noong likhain ng Diyos ang lahat ng bagay, itinakda na Niya kung saan titindig ang bundok, kung saan aagos ang sapa, kung saang direksyon magsisimulang umihip ang malakas na hangin at kung saan ito pupunta, at kung gaano dapat kataas ang malalaking alon. Ang mga intensyon at ang layunin ng Diyos ay nakapaloob sa lahat ng bagay na ito—ang mga ito ay Kanyang mga gawa. Ngayon, nakikita na ba ninyo na ang mga gawa ng Diyos ay nasa lahat ng bagay? (Oo.)

Ano ang layunin natin sa pagtalakay sa mga bagay na ito? Ito ba ay upang ang mga tao ay pag-aralan ang mga patakaran sa likod ng paglikha ng Diyos sa lahat ng bagay? Ito ba ay upang hikayatin ang interes sa astronomiya at heograpiya? (Hindi.) Kung gayon ay ano ito? Ito ay upang maunawaan ng mga tao ang mga gawa ng Diyos. Sa mga pagkilos ng Diyos, maaaring pagtibayin at patunayan ng tao na ang Diyos ang pinagmumulan ng buhay para sa lahat ng bagay. Kung nauunawaan mo ang mga ito, kung gayon ay tunay mong matitiyak ang lugar ng Diyos sa iyong puso, at matitiyak mo na ang Diyos ay ang Diyos Mismo, ang natatangi, ang Lumikha ng mga langit at lupa at lahat ng bagay. Kaya, makatutulong ba tungo sa iyong pagkaunawa sa Diyos ang malaman ang mga patakaran sa lahat ng bagay at malaman ang mga gawa ng Diyos? (Oo.) Gaano ito nakatutulong? Una, kapag naunawaan mo na ang mga gawa ng Diyos, magiging interesado ka pa rin ba sa astronomiya at heograpiya? Magkakaroon ka pa rin ba ng pusong may pag-aalinlangan at pagdududa na ang Diyos ang Lumikha ng lahat ng bagay? Magkakaroon ka pa rin ba ng puso ng isang mananaliksik at pagdududahan na ang Diyos ang Lumikha ng lahat ng bagay? (Hindi.) Kapag iyong natiyak na ang Diyos ang Lumikha ng lahat ng bagay at naunawaan ang ilan sa mga patakaran ng paglikha ng Diyos, tunay mo bang paniniwalaan sa iyong puso na ang Diyos ang naglalaan para sa lahat ng bagay? (Oo.) May partikular na kabuluhan ba ang “paglalaan” dito, o tumutukoy ba ang paggamit nito sa isang partikular na pangyayari? Ang kasabihang “Ang Diyos ay naglalaan para sa lahat ng bagay” ay may napakalawak na kabuluhan at saklaw. Hindi lamang pinaglalaanan ng Diyos ang mga tao ng kanilang pang-araw-araw na pagkain at inumin; pinaglalaanan Niya ang sangkatauhan ng lahat ng bagay na

kanilang kailangan, kabilang ang lahat ng bagay na nakikita ng tao, at pati na rin ang mga bagay na hindi nakikita. Itinataguyod, pinamamahalaan, at pinaghaharian ng Diyos ang buhay na kapaligiran ng ito, na mahalaga sa sangkatauhan. Ibig sabihin, anumang kapaligiran ang kinakailangan ng sangkatauhan sa bawa't panahon, inihanda na ito ng Diyos. Pinamamahalaan din ng Diyos ang uri ng hangin o temperatura upang maging angkop para sa ikabubuhay ng tao. Ang mga patakarang namamahala sa mga bagay na ito ay hindi nangyayari sa ganang mga sarili nito lamang o basta na lang nagaganap; ang mga ito ay bunga ng kaitaas-taasang kapangyarihan ng Diyos at Kanyang mga gawa. Ang Diyos Mismo ang pinagmumulan ng lahat ng patakarang ito at ang pinagmumulan ng buhay para sa lahat ng bagay. Naniniwala ka man dito o hindi, nakikita mo man ito o hindi, o naiintindihan mo man ito o hindi, ito ay nananatiling isang matatag at hindi-matututulang katunayan.

Alam Ko na lubhang nakararami sa mga tao ang nananampalataya lamang sa mga salita at gawain ng Diyos na kasama sa Bibliya. Para sa kakaunting tao, naihayag na ng Diyos ang Kanyang mga gawa at natulutan na ang mga tao na makita ang kahalagahan ng Kanyang pag-iral. Tinulutan na rin Niya silang magkaroon ng kaunting pagkaunawa sa Kanyang katayuan at kinumpirma na ang katunayan ng Kanyang pag-iral. Gayunpaman, para sa mas maraming tao, ang katunayan na nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay at na Kanyang pinamamahalaan at tinutustusan ang lahat ng bagay ay tila malabo o hindi tiyak; ang gayong mga tao ay maaari pa ngang magpanatili ng saloobin ng pagdududa. Ang ganitong saloobin ang nagiging sanhi upang tuluy-tuloy silang maniwala na ang mga batas ng likas na mundo ay nabuo sa ganang sarili lamang, na ang mga pagbabago, mga pagpapalit, at mga kababalaghan ng kalikasan, at ang mismong mga batas na namumuno rito ay lumitaw mula sa kalikasan mismo. Hindi maintindihan ng mga tao sa kanilang mga puso kung paano nilikha at pinaghaharian ng Diyos ang lahat ng bagay; hindi nila maintindihan kung paano pinamamahalaan at tinutustusan ng Diyos ang lahat ng bagay. Sa ilalim ng mga limitasyon ng saligang ito, hindi makapaniwala ang mga tao na ang Diyos ang lumikha, naghahari, at nagtutustos sa lahat ng bagay; maging yaong naniniwala ay limitado sa kanilang paniniwala sa Kapanahunan ng Kautusan, Kapanahunan ng Biyaya at Kapanahunan ng Kaharian: Naniniwala sila na ang mga gawa ng Diyos at ang Kanyang pagtustos sa sangkatauhan ay para lamang sa Kanyang hinirang na mga tao. Ito ay isang bagay na pinakakinamumuhian Kong makita, at isang bagay na nagdudulot ng matinding sakit, sapagka't tinatamasa man ng mga tao ang lahat ng idinudulot ng Diyos, ikinakaila nila ang lahat ng Kanyang ginagawa at lahat ng Kanyang ibinibigay sa kanila. Pinaniniwalaan lang ng mga tao na ang kalangitan at ang lupa at ang lahat ng bagay ay pinamumunuan ng sarili nilang likas na mga patakaran at sarili nilang likas na mga batas upang mabuhay, at na walang namumuno upang pamahalaan ang mga ito o may kataas-taasang kapangyarihan na nagtutustos sa mga ito at nagpapanatili sa mga ito. Kahit na naniniwala ka sa Diyos, maaaring hindi ka naniniwala na mga gawa Niya ang lahat ng ito; tunay nga, ito ay isa sa mga bagay na

pinakamadalas mapabayaan ng bawa't mananampalataya ng Diyos, lahat ng tumatanggap sa salita ng Diyos, at lahat ng sumusunod sa Diyos. Kaya, sa oras na magsimula Akong talakayin ang isang bagay na walang kaugnayan sa Bibliya o sa tinatawag na terminolohiyang espirituwal, ang ilang tao ay nababagot o nanlulupaypay o nababalisa pa nga. Nararamdaman nila na parang ang mga salita Ko ay walang kaugnayan sa mga espirituwal na tao at mga espirituwal na bagay. Iyon ay isang kakila-kilabot na bagay. Pagdating sa pag-alam sa mga gawa ng Diyos, kahit na hindi natin binabanggit ang astronomiya, ni sinasaliksik ang heograpiya o biyolohiya, dapat pa rin nating maunawaan ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay, dapat nating malaman ang Kanyang pagtustos sa lahat ng bagay, at na Siya ang pinagmumulan ng lahat ng bagay. Ito ay isang kinakailangang aral at isa na dapat pag-aralan. Naniniwala Ako na naunawaan na ninyo ang Aking mga salita, hindi ba?

Ang dalawang kuwento na katatalakay Ko lamang, kahit na medyo kakaiba sa nilalaman at paraan ng pagpapahayag, na tinalakay, bilang sila, sa paraang medyo espesyal, ay pagtatangka Ko na gumamit ng tuwirang pananalita at payak na paraan upang tulungan kayo na makamit at matanggap ang isang bagay na mas malalim. Ito ang tangi Kong layunin. Sa maiiksing kuwentong ito at sa mga larawang ipinipinta ng mga ito, gusto Kong makita ninyo at paniwalaan na ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng nilikha. Ang layunin ng paglalahad ng mga kuwentong ito ay ang tulutan kayong makita at malaman ang walang hanggang mga gawa ng Diyos sa loob ng mga hangganan ng isang kuwento. Tungkol naman sa kung kailan ninyo ganap na matatanto at makakamit ang resultang ito sa inyong mga sarili—depende iyon sa sarili ninyong mga karanasan at sarili ninyong paghahangad. Kung ikaw ay isang tao na naghahanap ng katotohanan at naghahangad na makilala ang Diyos, ang mga bagay na ito ay magsisilbing isang patindi nang patinding paalala; pagkakalooban ka ng mga ito ng isang malalim na kamalayan, isang kalinawan sa iyong pagkaunawa, na unti-unting lalapit sa aktuwal na mga gawa ng Diyos, nang may isang pagkakalapit na walang pagitan at walang pagkakamali. Gayunpaman, kung ikaw ay hindi isang tao na naghahangad na makilala ang Diyos, ang mga kuwentong ito ay hindi makasasama sa inyo. Ituring na lamang ninyo ang mga ito na mga totoong kuwento.

Nagkamit na ba kayo ng anumang pagkaunawa mula sa dalawang kuwentong ito? Una sa lahat, ang dalawa bang kuwentong ito ay nakabukod sa nakaraan nating talakayan tungkol sa malasakit ng Diyos para sa sangkatauhan? Mayroon bang likas na kaugnayan? Totoo ba na sa loob ng dalawang kuwentong ito ay nakikita natin ang mga gawa ng Diyos at ang masinsinang pagsasaalang-alang na ibinibigay Niya sa lahat ng pinaplano Niya para sa sangkatauhan? Totoo ba na ang lahat ng ginagawa ng Diyos at lahat ng Kanyang iniisip ay alang-alang sa pag-iral ng sangkatauhan? (Oo.) Hindi ba kitang-kita ang maingat na pag-iisip at pagsasaalang-alang ng Diyos para sa sangkatauhan? Walang kailangang gawin ang sangkatauhan. Inihanda na ng Diyos para sa mga tao ang hangin—ang kailangan lang nilang gawin ay langhapin ito. Ang

mga gulay at mga prutas na kinakain nila ay madali nilang makukuha. Mula sa hilaga hanggang sa timog, mula sa silangan hanggang sa kanluran, ang bawa't rehiyon ay may sarili nitong mga likas-yaman. Ang iba't ibang panrehiyon na mga pananim at mga prutas at mga gulay ay inihanda nang lahat ng Diyos. Sa mas malaking kapaligiran, ginawa ng Diyos ang lahat ng bagay na nagpapatibay sa isa't isa, umaasa sa isa't isa, nagpapalakas sa isa't isa, naglilimita sa isa't isa, at umiiral nang magkakasama. Ito ang Kanyang pamamaraan at Kanyang patakaran upang mapanatili ang kaligtasan ng buhay at pag-iral ng lahat ng bagay; sa ganitong paraan, nagawa ng sangkatauhan na umunlad nang ligtas at payapa sa loob ng kapaligirang ito para sa pamumuhay, na makapagparami mula isang salinlahi hanggang sa susunod, maging hanggang sa kasalukuyan. Ibig sabihin nito, nagdadala ang Diyos ng balanse sa likas na kapaligiran. Kung ang Diyos ay walang kataas-taasang kapangyarihan at walang kontrol sa mga bagay-bagay, walang sinuman ang makapagpapanatili at makapagbabalanse sa kapaligiran, maging ito man ay nilikha pa rin ng Diyos. Sa ilang lugar ay walang hangin, at hindi mabubuhay ang sangkatauhan sa gayong mga lugar. Hindi ka tutulutan ng Diyos na pumunta sa mga ito. Kaya, huwag kang lumampas sa mga wastong hangganan. Ito ay para sa pag-iingat ng sangkatauhan—mayroong mga hiwagang nakapaloob dito. Ang bawa't aspeto ng kapaligiran, ang haba at luwang ng lupa, ang bawa't nilalang sa lupa—kapwa nabubuhay at patay—ay naisip at inihanda ng Diyos nang patiuna. Bakit kinakailangan ang bagay na ito? Bakit hindi kinakailangan ang bagay na iyon? Ano ang layunin sa pagkakaroon ng bagay na ito rito at bakit dapat naroon ang bagay na iyon? Napag-isipan na ng Diyos nang maigi ang lahat ng katanungang ito, at hindi na kailangan ng mga tao na isipin ang mga ito. May ilang hangal na tao na palaging nag-iisip tungkol sa paglilipat sa mga bundok, nguni't sa halip na gawin iyon, bakit hindi lumipat sa mga kapatagan? Kung hindi mo gusto ang mga bundok, bakit ka naninirahan malapit sa mga ito? Hindi ba iyon kahangalan? Ano ang mangyayari kapag inilipat mo ang bundok na iyon? Darating ang mga bagyo at napakalalaking alon at mawawasak ang mga tahanan ng mga tao. Hindi ba magiging kahangalan ito? Kaya lamang manira ng mga tao. Ni hindi nga nila kayang panatilihin ang nag-iisang lugar na matitirhan nila, pero gusto pa nilang tustusan ang lahat ng bagay. Imposible ito.

Tinutulutan ng Diyos ang sangkatauhan na pamahalaan ang lahat ng bagay at magkaroon ng kapangyarihan sa lahat ng mga ito, nguni't nagagawa ba ito nang maayos ng tao? Sinisira ng tao ang anumang makakaya niya. Hindi lamang niya talaga kayang mapanatili ang lahat ng ginawa para sa kanya ng Diyos sa orihinal nitong kalagayan—kabaligtaran ang kanyang nagawa at sinira ang nilikha ng Diyos. Inilipat ng sangkatauhan ang mga bundok, nagtambak ng lupa sa mga dagat, at ginawang mga disyerto ang mga kapatagan kung saan walang tao ang maaaring mabuhay. Subali't sa disyerto gumawa ang tao ng industriya at nagtayo ng mga baseng nukleyar, naghahasik ng pagkawasak sa lahat ng dako. Ngayon ang mga ilog ay hindi na mga ilog, ang dagat ay hindi na ang dagat.... Sa sandaling sinira ng sangkatauhan ang balanse ng

likas na kapaligiran at ang mga patakaran nito, ang araw ng kanyang kapahamakan at kamatayan ay hindi nalalayo; hindi ito maiiwasan. Kapag dumating ang sakuna, malalaman ng sangkatauhan ang kahalagahan ng lahat ng nilikha ng Diyos para sa kanya at kung gaano ito kahalaga sa sangkatauhan. Para sa tao, ang paninirahan sa isang kapaligiran kung saan ang mga hangin at mga ulan ay dumarating sa panahon nila ay katulad ng paninirahan sa paraiso. Hindi napagtatanto ng mga tao na ito ay isang pagpapala, nguni't sa sandaling mawala sa kanila ang lahat ng ito, makikita nila kung gaano kabihira at kahalaga ito. At kapag wala na ito, paano ito muling makukuha ng isang tao? Ano ang magagawa ng mga tao kung ayaw na ng Diyos na likhain itong muli? Mayroon ba kayong anumang magagawa? Ang totoo, mayroon kayong magagawa. Ito ay napakasimple—kapag sinabi Ko sa inyo kung ano ito, kaagad ninyong malalaman na ito ay maaaring gawin. Paano natagpuan ng tao ang sarili niya sa kanyang kasalukuyang katayuan ng pag-iral? Ito ba ay dahil sa kanyang kasakiman at paninira? Kung titigilan ng tao ang paninirang ito, hindi ba unti-unting maisasaayos ng kanyang buhay na kapaligiran ang sarili nito? Kung walang ginagawa ang Diyos, kung ayaw na ng Diyos na gumawa ng kahit anuman para sa sangkatauhan—ibig sabihin, kung hindi Siya nakikialam sa usaping ito—ang pinakamahusay na solusyon para sa sangkatauhan ay ang tigilan ang lahat ng paninira at pahintulutan ang kanilang buhay na kapaligiran na makabalik sa likas nitong katayuan. Ang pagtigil sa lahat ng paninirang ito ay nangangahulugan ng pagtigil sa pandarambong at pamiminsala sa mga bagay na nilikha ng Diyos. Magbibigay-daan ito sa kapaligiran na tinitirhan ng tao na makabawi nang paunti-unti, habang ang hindi paggawa nito ay magdudulot sa lalo pang mas kasuklam-suklam na kapaligiran para sa buhay na ang pagkawasak ay mapapabilis kasabay ng oras. Simple ba ang Aking solusyon? Ito ay simple at maaaring gawin, hindi ba? Talagang simple, at maaaring gawin para sa ilang tao—nguni't ito ba ay maaaring gawin ng higit na nakararaming tao sa mundo? (Hindi.) Para sa inyo, kahit sa inyo na lang, maaari ba itong gawin? (Oo.) Ano ang dahilan ng inyong “oo”? Maaari bang sabihin na ito ay mula sa isang saligan ng pagkaunawa sa mga gawa ng Diyos? Maaari bang sabihin na ang kondisyon nito ay pagtalima sa kataas-taasang kapangyarihan at plano ng Diyos? (Oo.) Mayroong paraan upang baguhin ang mga bagay, nguni't hindi iyon ang paksa na ating tinatalakay ngayon. Ang Diyos ay nananagot sa bawat isang buhay ng tao at Siya ay nananagot hanggang sa katapus-tapusan. Naglalaan ang Diyos para sa iyo, at kahit na, sa kapaligirang ito na winasak ni Satanas, ikaw ay nagkasakit o narungisan o nilapastangan, hindi ito mahalaga—ang Diyos ay maglalaan para sa iyo, at hahayaan kang mabuhay ng Diyos. Dapat kang magkaroon ng pananampalataya rito. Hindi basta-basta tutulutan ng Diyos na mamatay ang isang tao.

Naramdaman na ba ninyo ngayon ang kahalagahan ng pagkilala na “ang Diyos ang pinagmumulan ng buhay para sa lahat ng bagay”? (Oo, naramdaman na namin.) Anong mga damdamin ang mayroon kayo? Sabihin ninyo sa Akin. (Noon, hindi namin kailanman naisip na iugnay ang mga bundok, mga dagat, at mga lawa sa mga pagkilos ng Diyos.

Hanggang sa marinig ang pagbabahagi ng Diyos ngayon, nauunawaan na namin na nakapaloob sa mga bagay na ito ang mga gawa at karunungan ng Diyos; nakikita namin na kahit noong nagsimula ang Diyos na likhain ang lahat ng bagay, pinuspos na Niya ang bawa't bagay ng isang tadhana at ng Kanyang mabuting kalooban. Ang lahat ng bagay ay nagpapatibay at umaasa sa isa't isa at ang sangkatauhan ang siyang tunay na nakikinabang. Ang aming narinig sa araw na ito ay napakabago at naiiba sa pakiramdam—nadama na namin kung gaano katotoo ang mga pagkilos ng Diyos. Sa totoong mundo, sa aming pang-araw-araw na buhay, at sa aming mga pagharap sa lahat ng bagay, nakikita namin na ganito nga iyon.) Nakita na talaga ninyo, hindi ba? Ang Diyos ay hindi naglalaan para sa sangkatauhan nang walang mahusay na saligan; ang Kanyang paglalaan ay hindi lamang kakaunting salita na maiikli. Marami nang nagawa ang Diyos, at maging ang mga bagay na hindi mo nakikita ay lahat para sa iyong kapakinabangan. Nabubuhay ang tao sa kapaligirang ito, sa loob ng lahat ng bagay na nilikha ng Diyos para sa kanya, kung saan ang mga tao at lahat ng bagay ay umaasa sa isa't isa. Halimbawa, ang mga halaman ay nagbubuga ng mga gas na dumadalisa sa hangin, at nilalanghap ng mga tao ang dinalisa sa hangin at nakikinabang dito; subali't ang ilang halaman ay nakalalason sa mga tao, habang ang ibang halaman ay pangontra sa mga nakalalasang halaman. Ito ay isang hiwaga ng paglikha ng Diyos! Nguni't iwanan muna natin sa ngayon ang paksang ito; ngayon, ang ating talakayan ay pangunahing patungkol sa magkakasamang pag-iral ng tao at ng iba pang nilikha, na kung wala ay hindi mabubuhay ang tao. Ano ang kahalagahan ng paglikha ng Diyos sa lahat ng bagay? Hindi maaaring mabuhay ang tao na wala ang ibang bagay, gaya ng pangangailangan ng tao sa hangin upang mabuhay—kung ikaw ay inilagay sa isang bakyum, ikaw ay kaagad na mamamatay. Ito ay isang napakasimpleng prinsipyo na nagpapakita na hindi maaaring umiral ang tao nang nakahiwalay sa iba pang nilikha. Kaya, anong saloobin ang dapat taglayin ng tao patungkol sa lahat ng bagay? Isang saloobin na nagpapahalaga sa mga ito, iniingatan ang mga ito, ginagamit ang mga ito nang mahusay, hindi sinisira ang mga ito, hindi sinasayang ang mga ito, at hindi binabago ang mga ito sa kapritso, sapagka't ang lahat ng bagay ay mula sa Diyos, ang lahat ng bagay ay Kanyang paglalaan sa sangkatauhan, at dapat tratuhin ang mga ito ng sangkatauhan nang buong ingat. Sa araw na ito ay tinalakay Ko sa inyo ang dalawang paksang ito. Pag-isipan at pagnilayang mabuti ang mga ito. Sa susunod, tatalakayin natin ang ilang bagay nang mas detalyado. Dito nagtatapos ang pagtitipon ngayong araw. Paalam!

Enero 18, 2014

Ang Diyos Mismo, ang Natatangi VIII

Ang Diyos ang Pinagmumulan ng Buhay Para sa Lahat ng Bagay (II)

Ipagpapatuloy nating magbahagi sa ating huling paksa. Natatandaan ba ninyo kung ano ang paksa noong huli tayong nagsagawa ng pagbabahagi? (Ang Diyos ang Pinagmumulan ng Buhay para sa Lahat ng Bagay.) Ang paksa bang ito, “Ang Diyos ang Pinagmumulan ng Buhay para sa Lahat ng Bagay,” ay isang paksang napakalayo sa inyong loob? O mayroon na ba kayong pahapyaw na konsepto nito sa inyong mga puso? May makapagsasalita ba nang sandali tungkol sa kung ano ang pinakasentro ng ating huling pagbabahagi sa paksang ito? (Sa pamamagitan ng paglikha ng Diyos sa lahat ng bagay, nakikita ko na pinagyayaman Niya ang lahat ng bagay at pinagyayaman ang sangkatauhan. Sa nakalipas, lagi kong inaakala na kapag naglalaan ang Diyos sa tao, ang Kanyang salita lamang ang ibinibigay Niya sa hinirang Niyang mga tao; hindi ko kailanman nakita na, sa pamamagitan ng mga batas na namamahala sa lahat ng bagay, pinagyayaman ng Diyos ang buong sangkatauhan. Sa pamamagitan lamang ng pagbibigay-alam ng Diyos sa katotohanang ito kaya ko nabatid na ang Diyos ang pinagmumulan ng lahat ng bagay, na ang mga buhay ng lahat ng bagay ay ibinibigay Niya, na isinasaayos ng Diyos ang mga batas na ito at pinagyayaman ang lahat ng bagay. Mula sa paglikha ng Diyos sa lahat ng bagay, nakikita ko ang pag-ibig Niya.) Noong nakaraan, pangunahing nagbahagi tayo tungkol sa paglikha ng Diyos sa lahat ng bagay at kung paano Niya itinatag ang mga batas at mga prinsipyo para sa mga ito. Sa ilalim ng gayong mga batas at gayong mga prinsipyo, ang lahat ng bagay ay nabubuhay at namamatay at kasamang umiiral ng tao sa ilalim ng kapamahalaan ng Diyos at sa mga mata ng Diyos. Una nating pinag-usapan ang tungkol sa paglikha ng Diyos sa lahat ng bagay at paggamit sa sarili Niyang mga pamamaraan upang tukuyin ang mga batas na pinaglalaman ng mga ito, gayundin ang mga direksyon at mga huwaran ng kanilang paglago. Tinukoy rin Niya ang mga paraan kaya nabubuhay ang lahat ng bagay sa lupaing ito upang maaari silang magpatuloy na lumago at magparami at mabuhay nang umaasa sa isa’t isa. Sa pamamagitan ng gayong mga pamamaraan at mga batas, nagagawa ng lahat ng bagay na umiral at lumago sa lupaing ito nang walang kahirap-hirap at mapayapa, at sa pamamagitan lamang ng gayong kapaligiran maaaring magkaroon ang tao ng isang matatag na tahanan at matatag na kalagayan na paninirahan, patuloy na sumusulong sa ilalim ng patnubay ng Diyos—patuloy na sumusulong.

Noong nakaraan, pinag-usapan natin ang isang saligang konsepto ng pagtutustos ng Diyos sa lahat ng bagay: Tinutustusan ng Diyos ang lahat ng bagay sa ganitong paraan upang ang lahat ng bagay ay maaaring umiral at mabuhay para sa kapakinabangan ng sangkatauhan. Sa madaling salita, ang gayong kapaligiran ay umiiral dahil sa mga batas na itinakda ng Diyos. Dahil lamang sa pagpapanatili at pangangasiwa ng Diyos

sa gayong mga batas kaya may kasalukuyang buhay na kapaligiran ang sangkatauhan. Ito ay isang malaking lukso sa pagitan ng pinag-usapan natin noong nakaraan at sa pagkakakilala sa Diyos na ating pinag-usapan sa nakaraan. Ano ang dahilan ng pag-iral ng luksong iyon? Ito ay nang pinag-usapan natin sa nakaraan ang tungkol sa pagkilala sa Diyos, nag-uusap tayo sa loob ng saklaw ng pagliligtas at pamamahala ng Diyos sa sangkatauhan—ibig sabihin, ang pagliligtas at pamamahala sa hinirang na mga tao ng Diyos—at sa loob ng saklaw na iyon, pinag-usapan natin ang pagkilala sa Diyos, mga gawa ng Diyos, Kanyang disposisyon, kung ano ang mayroon at kung ano Siya, Kanyang kalooban, at kung paano Niya binibigyan ang tao ng katotohanan at ng buhay. Subali't noong nakaraan, ang paksang ating sinimulan ay hindi limitado sa mga nilalaman ng Bibliya at sa saklaw ng pagliligtas ng Diyos sa Kanyang hinirang na mga tao. Bagkus, umaabot nang lampas sa saklaw na ito ang paksa, lampas sa mga hangganan ng Bibliya at ng tatlong yugto ng gawaing isinasagawa ng Diyos sa Kanyang hinirang na mga tao, na tinatalakay sa halip ang Diyos Mismo. Kaya, kapag naririnig mo ang bahaging ito ng Aking pagbabahagi, hindi mo dapat limitahan ang pagkakakilala sa Diyos sa Bibliya at sa tatlong yugto ng gawain ng Diyos. Sa halip, dapat mong panatilihin bukas ang iyong pananaw; dapat mong makita ang mga gawa ng Diyos at kung ano ang mayroon at kung ano Siya sa loob ng lahat ng bagay, at kung paano Niya inaatasan at pinamamahalaan ang lahat ng bagay. Sa pamamagitan ng pamamaraang ito at sa saligang ito, makikita mo kung paano tinutustusan ng Diyos ang lahat ng bagay, na nagbibigay-daan sa sangkatauhan na maunawaan na ang Diyos ang tunay na pinagmumulan ng buhay para sa lahat ng bagay, na ito ay, sa katunayan, ang tunay na pagkakakilanlan ng Diyos Mismo. Ibig sabihin, ang pagkakakilanlan ng Diyos, katayuan at awtoridad, ang Kanyang lahat, ay hindi lamang ukol para sa mga kasalukuyang sumusunod sa Kanya—hindi lamang ukol para sa inyo, sa pangkat na ito ng mga tao—bagkus ay ukol sa lahat ng bagay. Kung gayon, napakalawak ng saklaw ng lahat ng bagay. Ginagamit Ko ang katagang “lahat ng bagay” upang ilarawan ang saklaw ng pamumuno ng Diyos sa lahat dahil ibig Kong sabihin sa inyo na ang mga bagay na iniatas ng Diyos ay hindi lamang ang mga bagay na kaya ninyong makita gamit ang inyong mga mata—hindi lamang ang materyal na mundong nakikita ng lahat ang kabilang sa mga ito, kundi pati rin ang isa pang mundo na lampas sa materyal na mundo at hindi kayang makita ng mga mata ng tao, at maging lampas pa roon, sa mga planeta at kalawakan, kung saan hindi kayang manirahan ng sangkatauhan. Iyan ang saklaw ng kapamahalaan ng Diyos sa lahat ng bagay. Napakalawak ng saklaw ng Kanyang kapamahalaan; para sa inyong bahagi, ang bawa't isa sa inyo ay kinakailangan at dapat maunawaan, makita, at magkaroon ng kalinawan tungkol sa kung ano ang dapat ninyong maunawaan, kung ano ang dapat ninyong makita, at kung anong mga bagay ang dapat na magkaroon kayo ng kaalaman. Bagama't talagang napakalawak ng saklaw ng katagang “lahat ng bagay,” hindi Ko sasabihin sa inyo ang tungkol sa mga bagay sa loob ng saklaw na iyon na hindi ninyo kayang makita kailanman o na hindi ninyo kayang

personal na mahawakan. Sasabihin Ko lang sa inyo ang tungkol sa mga bagay sa loob ng saklaw na iyon na kayang mahawakan, maunawaan, at maintindihan ng mga tao, upang kayang mabatid ng lahat ang tunay na kahulugan ng pariralang “Ang Diyos ang pinagmumulan ng buhay para sa lahat ng bagay.” Sa ganitong paraan, wala kahit isa sa mga salita ng Aking pagbabahagi sa inyo ang magiging hungkag.

Noong nakaraan, ginamit natin ang paraan ng pagkukuwento upang magbigay ng isang simpleng pangkalahatang ideya ng paksang “Ang Diyos ang Pinagmumulan ng Buhay para sa Lahat ng Bagay,” upang makapagtamo ang mga tao ng saligang pagkaunawa kung paano nagtutustos ang Diyos sa lahat ng bagay. Ano ang layunin ng pagtuturo sa inyo ng saligang konseptong ito? Ito ay upang ipaunawa sa mga tao na umaabot ang gawain ng Diyos nang lampas pa sa Bibliya at sa Kanyang tatlong yugto ng gawain. Gumagawa Siya ng higit pang gawain na hindi kayang makita ng mga tao at hindi nila kayang personal na mahawakan, gawain na personal Niyang inaasikaso. Kung gumawa ang Diyos nang nakatuon lamang sa Kanyang pamamahala at sa pasulong na panguguna sa Kanyang hinirang na mga tao, at hindi nakibahagi sa alinman sa ibang gawaing ito, magiging napakahirap para sa sangkatauhang ito, kabilang kayong lahat, na magpatuloy na sumulong. Hindi magagawang magpatuloy sa pag-unlad ng sangkatauhang ito at ng mundong ito. Diyan nakapaloob ang kahalagahan ng pariralang “Ang Diyos ang pinagmumulan ng buhay para sa lahat ng bagay,” na siyang paksa ng isasagawa Kong pagbabahagi sa inyo ngayon.

Ang Saligang Kapaligiran Para sa Buhay na Nililikha ng Diyos Para sa Sangkatauhan

Natalakay na natin ang maraming paksa at maraming nilalaman kaugnay ng mga salitang “Ang Diyos ang pinagmumulan ng buhay para sa lahat ng bagay,” nguni’t alam ba ninyo sa inyong mga puso kung ano ang mga bagay na ipinagkakaloob ng Diyos sa sangkatauhan, maliban sa pagbibigay sa inyo ng Kanyang salita at pagganap sa inyo ng Kanyang gawain ng pagkastigo at paghatol? Maaaring sabihin ng ilang tao na, “Pinagkakalooban ako ng Diyos ng biyaya at mga pagpapala; binibigyan Niya ako ng disiplina at kaginhawahan, at binibigyan Niya ako ng malasakit at pag-iingat sa lahat ng posibleng paraan.” Sasabihin ng iba, “Pinagkakalooban ako ng Diyos ng pang-araw-araw na pagkain at inumin,” samantalang sasabihin pa ng ilan, “Ipinagkaloob na sa akin ng Diyos ang lahat.” Maaaring tumugon kayo sa mga usaping kinahaharap ng mga tao sa kanilang pang-araw-araw na mga buhay sa paraang nauugnay sa saklaw ng sariling, makalamang karanasan sa buhay. Nagkakaloob ang Diyos ng maraming bagay sa bawa’t tao, bagama’t ang ating tinatalakay dito ay hindi lamang limitado sa saklaw ng mga pang-araw-araw na pangangailangan ng tao, nguni’t nilayong palawakin ang abotanaw ng bawa’t tao at hayaang makita ang mga bagay mula sa isang malawak na pananaw. Yamang Diyos ang pinagmumulan ng buhay para sa lahat ng bagay, paano Niya napananatili ang buhay ng lahat ng bagay? Sa madaling salita, ano ang ibinibigay

ng Diyos sa lahat ng bagay na Kanyang nilikha upang mapanatili ang pag-iral ng mga ito at ng mga batas na nagpapatibay rito, upang makapagpatuloy na umiral ang mga ito? Iyan ang pangunahing punto ng ating talakayan ngayon. Nauunawaan ba ninyo ang Aking nasabi? Maaaring labis na hindi pamilyar sa inyo ang paksang ito, nguni't hindi Ako magsasalita tungkol sa kahit anong mga doktrinang masyadong malalim. Sisikapin Kong tiyakin na makapakikinig kayo sa Aking mga salita at makapagtatamo ng pagkaunawa mula sa mga ito. Hindi ninyo kailangang makaramdam ng kahit anong pasanin—ang dapat lamang ninyong gawin ay makinig nang mabuti. Gayunpaman, sa puntong ito, dapat Kong muling bigyang-diin: Anong paksa ang Aking tinatalakay? Sabihin sa Akin. (Ang Diyos ang Pinagmumulan ng Buhay para sa Lahat ng Bagay.) Kung gayon ay paano tinutustusan ng Diyos ang lahat ng bagay? Ano ang ibinigay Niya sa lahat ng bagay upang masabi na “Ang Diyos ang pinagmumulan ng buhay para sa lahat ng bagay”? Mayroon ba kayong anumang mga konsepto o kaisipan tungkol dito? Tila ba tinatalakay Ko ang isang paksa na halos ganap na lingid sa inyo, sa inyong mga puso at sa inyong mga isip. Nguni't umaasa Akong kaya ninyong iugnay ang paksang ito at kung ano ang Aking sasabihin tungkol sa mga gawa ng Diyos, sa halip na sa anumang kaalaman, kultura ng tao at pananaliksik. Tungkol lamang sa Diyos ang Aking sinasabi, tungkol sa Diyos Mismo. Ito ang Aking mungkahi sa inyo. Tiyak Akong nauunawaan ninyo, hindi ba?

Nagkaloob na ang Diyos ng maraming bagay sa sangkatauhan. Magsisimula Ako sa pamamagitan ng pagsasalita tungkol sa kung ano ang nakikita ng mga tao, ibig sabihin, ay kung ano ang kanilang nararamdaman. Ito ang mga bagay na kayang tanggapin at maunawaan ng mga tao sa kanilang mga puso. Kaya una, magsimula tayo sa isang talakayan tungkol sa materyal na mundo sa pamamagitan ng pag-uusap tungkol sa kung ano ang ibinigay na ng Diyos sa sangkatauhan.

a. Hangin

Una, nilikha ng Diyos ang hangin upang makahinga ang tao. Ang hangin ay isang bagay substansiya na maaaring madama ng mga tao araw-araw at isang bagay ito kung saan ang mga tao ay umaasa sa bawa't sandali, kahit na sila ay natutulog. Lubhang mahalaga para sa sangkatauhan ang hangin na nilikha ng Diyos: Kinakailangan ito sa bawa't paghinga nila at sa buhay mismo. Ang substansiyang ito, na mararamdaman lamang nguni't hindi makikita, ang unang kaloob ng Diyos sa lahat ng bagay na Kanyang nilikha. Subali't matapos likhain ang hangin, tumigil ba ang Diyos, itinuring na tapos na ang Kanyang gawain? O isinaalang-alang ba Niya kung gaano ang magiging densidad ng hangin? Isinaalang-alang ba Niya kung ano ang magiging nilalaman ng hangin? Ano ang iniisip ng Diyos noong nilikha Niya ang hangin? Bakit nilikha ng Diyos ang hangin, at ano ang Kanyang pangangatwiran? Kailangan ng mga tao ang hangin—kailangan nilang huminga. Una sa lahat, dapat naaangkop ang densidad ng hangin sa mga bagay ng tao. May nakakaalam ba ng densidad ng hangin? Ang totoo, walang partikular

na pangangailangan ang mga tao na malaman ang sagot sa tanong na ito batay sa mga numero o mga datos, at tunay nga, hindi gaanong kinakailangan na malaman ang kasagutan—ganap nang sapat ang magkaroon lamang ng pangkalahatang ideya. Nilikha ng Diyos ang hangin nang may densidad na magiging pinakaangkop upang makahinga ang mga baga ng tao. Ibig sabihin, nilikha ng Diyos ang hangin upang madali itong makapasok sa mga katawan ng tao sa pamamagitan ng kanilang paghinga, at upang hindi nito mapipinsala ang katawan habang ito’y humihinga. Ito ang mga pagsasaalang-alang ng Diyos nang nilikha Niya ang hangin. Sunod, pag-uusapan natin kung ano ang mga nilalaman ng hangin. Ang mga nilalaman nito ay hindi nakalalason sa mga tao at sa gayon ay hindi makapipinsala sa mga baga o anumang bahagi ng katawan. Kinailangang isaalang-alang ng Diyos ang lahat ng ito. Kinailangang isaalang-alang ng Diyos na dapat maayos na pumasok at lumabas ng katawan ang hanging nilalanghap ng mga tao, at matapos malanghap, ang katangian at dami ng mga substansiyang nakapaloob sa hangin ay dapat maging gayon upang ang dugo, pati na rin ang maduming hangin sa mga baga at sa katawan sa kabuuan, ay mapoproseso nang wasto. Higit pa rito, kinailangan Niyang isaalang-alang na hindi dapat magtaglay ang hangin ng anumang nakalalasong mga substansiya. Ang Aking layunin sa pagsasabi sa inyo tungkol sa dalawang pamantayang ito para sa hangin ay hindi upang bigyan kayo ng anumang partikular na kaalaman, kundi upang ipakita sa inyo na nilikha ng Diyos ang bawa’t isang bagay sa loob ng Kanyang paglikha ayon sa sarili Niyang mga pagsasaalang-alang, at ang lahat ng Kanyang nilikha ay ang pinakamahusay na maaari itong maging. Bukod dito, tungkol sa dami ng alikabok sa hangin; at ang dami ng alikabok, buhangin at dumi sa ibabaw ng lupa; gayundin ang dami ng alikabok na bumababa sa lupa mula sa langit—may sariling mga pamamaraan ang Diyos upang pamahalaan ang mga bagay na ito, gayundin, mga pamamaraan upang linisin ang mga ito o pagdurog-durugin ang mga ito. Bagaman may tiyak na dami ng alikabok, ginawa ito ng Diyos upang hindi mapinsala ng alikabok ang katawan ng tao o mailagay sa panganib ang paghinga ng tao, at ginawa Niya ang mga butil ng alikabok nang may sukat na hindi makapipinsala sa katawan. Hindi ba isang hiwaga ang paglikha ng Diyos sa hangin? Isang simpleng bagay ba ito, gaya ng pag-hip ng hangin mula sa Kanyang bibig? (Hindi.) Maging sa Kanyang paglikha ng mga pinakasimpleng bagay, ang hiwaga ng Diyos, ang mga paggawa ng Kanyang isip, ang Kanyang paraan ng pag-iisip, at ang Kanyang karunungan ay pawang maliwanag. Hindi ba praktikal ang Diyos? (Oo, praktikal Siya.) Ang ibig sabihin nito ay maging sa paglikha ng simpleng mga bagay, iniisip ng Diyos ang sangkatauhan. Unang-una, malinis ang hanging nilalanghap ng mga tao, at naaangkop sa paghinga ng tao ang mga nilalaman nito, hindi nakalalason at hindi nagdudulot ng pinsala sa mga tao; gayundin, akma para sa paghinga ng tao ang densidad ng hangin. Ang hanging ito, na patuloy na nilalanghap at hinihingang palabas ng tao, ay kinakailangan ng katawan ng tao, ang katawang-tao. Ito ang dahilan kung bakit maaaring makahinga nang malaya ang mga tao, nang walang pagpigil o pag-aalala. Samakatuwid

ay makahihinga sila nang normal. Ang hangin ang siyang nilikha ng Diyos noong pasimula, at siyang kailangang-kailangan para sa paghinga ng tao.

b. Temperatura

Temperatura ang ikalawang bagay na ating tatalakayin. Alam ng lahat kung ano ang temperatura. Ang temperatura ay isang bagay na kinakailangan sa isang kapaligirang angkop para sa kaligtasan ng buhay ng tao. Kung masyadong mataas ang temperatura—halimbawa, ipagpalagay nang mas mataas kaysa 40 digri Celsius ang temperatura—hindi ba masyadong nakasasaid ito para sa mga tao? Hindi ba magiging nakapapagod para sa mga tao na manirahan sa gayong mga kalagayan? At paano naman kung masyadong mababa ang temperatura? Ipagpalagay nang aabot sa negatibong 40 digri Celcius ang temperatura—hindi rin ito matatagalan ng mga tao. Samakatuwid, naging napakapartikular ng Diyos sa pagtatakda ng saklaw ng mga temperatura, yamang iyon ang saklaw ng temperatura kung saan kayang umangkop ng katawan ng tao, na pumapatak, nang humigit-kumulang, sa pagitan ng negatibong 30 digri Celsius at 40 digri Celsius. Sadyang pumapatak sa loob ng saklaw na ito ang mga temperatura sa mga kalupaan mula sa hilaga hanggang sa timog. Sa malalamig na rehiyon, maaaring bumagsak ang mga temperatura sa marahil ay negatibong 50 o 60 digri Celsius. Hindi patitirahan ng Diyos sa mga tao ang gayong mga rehiyon. Kung gayon, bakit umiiral ang ganitong nagyeyelong mga rehiyon? May sariling karunungan ang Diyos, at may sarili Siyang mga intensyon para rito. Hindi ka Niya palalapitin sa mga lugar na iyon. Iniingatan ng Diyos ang mga lugar na masyadong mainit at masyadong malamig, nangangahulugang hindi Niya pinanukala na manirahan ang tao roon. Hindi para sa sangkatauhan ang mga lugar na ito. Subali't bakit pairalin ng Diyos ang mga lugar na iyon sa mundo? Kung hindi pahihintulutan ng Diyos ang tao na manirahan o makaligtas man lang sa mga lugar na ito, bakit pa lilikhain ng Diyos ang mga ito? Diyan nakapaloob ang karunungan ng Diyos. Ibig sabihin, makatuwirang isinaayos na ng Diyos ang temperatura ng kapaligiran kung saan nabubuhay ang mga tao. Mayroon ding isang natural na batas na gumagawa rito. Lumikha ang Diyos ng ilang bagay upang mapanatili at makontrol ang temperatura. Ano ang mga ito? Una, nakapagdadala ng init ang araw sa mga tao, nguni't matitiis kaya ng mga tao ang init na ito kapag masyado itong matindi? Mayroon bang sinumang nangangahas na lumapit sa araw? Mayroon bang anumang siyentipikong instrumento sa mundo na kayang lumapit sa araw? (Wala.) Bakit wala? Masyadong mainit ang araw. Matutunaw ang anumang bagay na masyadong lumalapit. Samakatuwid, partikular na gumawa ang Diyos upang itakda ang taas at ang distansiya ng araw mula sa sangkatauhan alinsunod sa Kanyang metikulosong mga kalkulasyon at sa Kanyang mga pamantayan. Pagkatapos, nariyan ang dalawang polo ng mundo, timog at hilaga. Lubos na nagyeyelo at pang-gleysyer ang mga rehiyong ito. Kaya bang manirahan ng tao sa mga pang-gleysyer na mga rehiyon? Angkop ba para sa kaligtasan ng buhay ng tao ang mga lugar na iyon? Hindi, kaya hindi pumupunta ang mga tao sa

mga lugar na ito. Yamang hindi pumupunta ang mga tao sa Polong Timog at Hilaga, napangangalagaan ang mga gleysyer nito at patuloy na nagagampanan ang kanilang layunin, na kontrolin ang temperatura. Nauunawaan ba, oo? Kung wala ang Polong Timog at wala rin ang Polong Hilaga, mamamatay ang mga tao sa lupa nang dahil sa patuloy na init ng araw. Sa pamamagitan lamang ba ng dalawang bagay na ito napananatili ng Diyos ang temperatura sa loob ng saklaw na angkop para sa kaligtasan ng buhay ng tao? Hindi. Mayroon ding lahat ng klase ng mga bagay na may buhay, gaya ng damo sa mga parang, iba't ibang uri ng mga puno, at lahat ng klase ng mga halaman sa mga kagubatan na sumisipsip sa init ng araw at, sa paggawa nito, iniibsan ang mainit na enerhiya ng araw sa paraang isinasaayos ang temperatura ng kapaligiran ng mga tao. Mayroon ding mga pinagmumulan ng tubig, gaya ng mga ilog at mga lawa. Walang makapagpapasya sa sakop na lugar ng mga ilog at mga lawa. Walang sinuman ang kayang kontrolin kung gaano karaming tubig ang mayroon sa mundo, ni kung saan dumadaloy ang tubig na iyon, ang direksyon ng agos nito, ang dami nito, o ang bilis nito. Ang Diyos lang ang nakaaalam. Itong iba't ibang pinagmumulan ng tubig, mula sa tubig sa ilalim ng lupa hanggang sa mga nakikitang ilog at mga lawa sa ibabaw ng lupa, ay kaya ring isaayos ang temperatura ng kapaligiran na pinaninirahan ng mga tao. Bukod sa mga pinagmumulan ng tubig, mayroon ding lahat ng klase ng mga pormasyong heograpikal, gaya ng mga bundok, mga kapatagan, mga libis, at mga latian, na lahat ay nagsasaayos ng mga temperatura hanggang sa punto na kasukat ng kanilang heograpikal na saklaw at lugar. Halimbawa, kung ang isang bundok ay may sirkumperensiya na isang daang kilometro, mag-aambag ng isang daang kilometrong halaga ng kapakinabangan ang isang daang kilometrong iyon. Tungkol naman sa kung gaano karami lang ang gayong mga bulubundukin at mga libis na nilikha na ng Diyos sa mundo, ito ay isang numero na isinaalang-alang na ng Diyos. Sa madaling salita, sa likod ng pag-iral ng bawa't isang bagay na nilikha ng Diyos, mayroong kuwento, at naglalaman ang bawa't bagay ng karunungan at mga plano ng Diyos. Isaalang-alang, halimbawa, ang mga kagubatan at ang lahat ng iba't ibang uri ng mga pananim—hindi kayang kontrolin ng kahit na sinong tao ang saklaw at ang lawak ng lugar kung saan umiiral at lumalago ang mga ito, at walang may karapatan sa mga bagay na ito. Gayundin, walang taong kayang kontrolin kung gaano karaming tubig ang nasisipsip ng mga ito, ni gaano karaming mainit na enerhiya mula sa araw ang nasisipsip ng mga ito. Lahat ng mga bagay na ito ay napapaloob sa saklaw ng plano na ginawa ng Diyos nang nilikha Niya ang lahat ng bagay.

Tanging dahil sa maingat na pagpapalano, pagsasaalang-alang, at pagsasaayos ng Diyos sa lahat ng aspeto kaya nakapaninirahan ang tao sa isang kapaligiran na may gayong angkop na temperatura. Samakatuwid, bawa't isang bagay na nakikita ng tao gamit ang kanyang mga mata, gaya ng araw, ang Polong Timog at Hilaga na madalas na naririnig ng mga tao, pati na rin ang iba't ibang bagay na may buhay sa ibabaw at sa ilalim ng lupa at sa tubig, at ang lawak ng lugar na nasasakupan ng mga kagubatan at

iba pang uri ng mga pananim, at mga pinagmumulan ng tubig, ang iba't ibang uri ng anyong tubig, napakaraming tubig-alat at tubig-tabang, at iba't ibang mga kapaligirang heograpikal—ginagamit ng Diyos ang lahat ng bagay na ito upang mapanatili ang normal na mga temperatura para sa kaligtasan ng buhay ng tao. Ito ay tiyak. Tanging dahil sa napag-isipan na nang mabuti ng Diyos ang tungkol sa lahat ng ito kaya nakapaninirahan ang tao sa isang kapaligirang may gayong angkop na mga temperatura. Hindi ito dapat maging masyadong malamig o masyadong mainit: Ang mga lugar na masyadong mainit, kung saan lumalampas ang mga temperatura sa kung ano lamang ang kayang pakibagayan ng katawan ng tao ay tiyak na hindi itinabi para sa iyo ng Diyos. Ang mga lugar na masyadong malamig, kung saan ang mga temperatura ay masyadong mababa, kung saan, pagkatapos makarating doon, lubusang maninigas ang mga tao sa loob lamang ng ilang minuto, na anupa't hindi sila nakapagsasalita, nagyeyelo ang kanilang mga utak, hindi sila nakapag-iisip, at hindi magtatagal ay mahihirapang huminga—hindi rin itinabi ng Diyos ang gayong mga lugar para sa sangkatauhan. Anumang uri ng pananaliksik ang gustuhing isagawa ng mga tao, kahit gusto nilang magpabago o magpumilit na pasukin ang gayong mga limitasyon—anuman ang mga kaisipang mayroon ang mga tao, hindi nila kailanman malalampasan ang mga hangganan ng kung ano ang kayang pakibagayan ng katawan ng tao. Hindi nila kailanman maiwawaksi ang mga limitasyong ito na nilikha ng Diyos para sa tao. Ito ay dahil nilikha ng Diyos ang mga tao, at ang Diyos ang pinaka-nakaaalam kung ano ang mga temperatura na kayang pakibagayan ng katawan ng tao. Subali't hindi alam ng mga tao mismo. Bakit Ko sinasabing hindi alam ng mga tao? Anong mga kahangalan ang nagawa na ng mga tao? Hindi ba maraming tao na ang patuloy na nagtatangkang hamunin ang Polong Hilaga at Timog? Palaging nais ng gayong mga tao na pumunta sa mga lugar na iyon upang sakupin ang lupain, nang makapanirahan sila roon. Magiging isang pagkilos ng kahangalan ito. Kahit pa lubusan mong nasaliksik na ang mga polo, pagkatapos ay ano na? Kahit na kaya mong makibagay sa mga temperatura at kayang mamuhay roon, magiging kapaki-pakinabang kaya sa sangkatauhan sa anumang paraan kung iyong “pahuhusayin” ang kasalukuyang kapaligiran para sa buhay ng mga Polong Timog at Hilaga? Mayroong kapaligiran ang sangkatauhan kung saan sila ay maaaring mabuhay, subali't hindi nananatili roon ang mga tao nang tahimik at malugod, bagkus ay nagpupumilit na makipagsapalaran sa mga lugar kung saan hindi sila mabubuhay. Ano ang ibig sabihin nito? Nainip na sila at nawalan na ng pasensya sa buhay na ito na may angkop na temperatura, at nagtamasa na ng masyadong maraming pagpapala. Isa pa, halos ganap nang nasira ng sangkatauhan itong karaniwang kapaligiran ng buhay, kaya ngayon ay iniisip nila na kung ganoon din lamang ay mas mabuti pang pumunta sila sa mga Polong Timog at Hilaga upang gumawa ng higit pang pinsala o magtaguyod ng kung anong “layunin,” nang makapaghanap sila ng isang paraan ng “pagbubukas ng isang bagong daan.” Hindi ba ito kahangalan? Ibig sabihin, sa ilalim ng pamumuno ng kanilang ninunong si Satanas, patuloy na gumagawa ang sangkatauhang ito ng isang

kakatwang bagay matapos ang isa pa, walang ingat at walang habas na winawasak ang magandang tahanang nilikha ng Diyos para sa kanila. Ito ang paggawa ni Satanas. Bukod dito, yamang nakikita na ang kaligtasan ng buhay ng sangkatauhan sa mundo ay tila nanganganib, maraming tao ang naghahanap ng mga paraan upang makabisita sa buwan, ninanais na magtatag ng paraan upang mabuhay roon. Subali't sa katapusan, walang oxygen sa buwan. Kaya bang mabuhay ng mga tao nang walang oxygen? Sapagka't walang oxygen ang buwan, hindi ito isang lugar na makapamamalagi ang tao, gayunman ay nagpupumilit ang tao sa kanyang kagustuhan na pumunta roon. Ano ang dapat itawag sa pag-uugaling ito? Pagpapatiwakal din ito. Isang lugar na walang hangin ang buwan, at hindi angkop ang temperatura nito sa kaligtasan ng buhay ng tao—samakatuwid, hindi ito isang lugar na itinabi ng Diyos para sa tao.

Ang paksa natin ngayon-ngayon lang, ang temperatura, ay isang bagay na nakahaharap ng mga tao sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Isang bagay ang temperatura na kayang madama ng lahat ng katawan ng tao, nguni't walang sinuman ang nag-iisip ng tungkol sa kung paano nagkaroon ng temperatura, o kung sino ang namamahala nito at kumokontrol nito na anupa't angkop ito sa kaligtasan ng buhay ng tao. Ito ang pinag-aaralan natin ngayon. Napapaloob ba dito ang karunungan ng Diyos? Napapaloob ba dito ang pagkilos ng Diyos? (Oo.) Isinasaalang-alang na lumikha ang Diyos ng isang kapaligiran na may temperatura na angkop sa kaligtasan ng buhay ng tao, isa ba ito sa mga paraan kung paano nagtutustos ang Diyos sa lahat ng bagay? Ganoon nga.

c. Tunog

Ano ang ikatlong bagay? Isang bagay ito na mahalagang bahagi rin ng normal na kapaligiran ng pag-iral ng tao. Isang bagay kung saan kinailangang gumawa ng Diyos ng mga pagsasaayos nang nilikha Niya ang lahat ng bagay. Napakahalaga nito sa Diyos at sa bawa't isang tao. Kung hindi inasikaso ng Diyos ang bagay na ito, lubhang nakagambala na sana ito sa kaligtasan ng buhay ng sangkatauhan, nangangahulugan na malaki sana ang naging epekto nito sa buhay ng tao at sa kanyang makalamang katawan na hindi sana makakayang mabuhay ng sangkatauhan sa gayong kapaligiran. Masasabi na wala sanang bagay na may buhay ang makaliligtas sa gayong kapaligiran. Kung gayon, ano ang bagay na ito na sinasabi Ko? Tungkol sa tunog ang sinasabi Ko. Nilikha ng Diyos ang lahat, at nabubuhay ang lahat sa loob ng mga kamay ng Diyos. Lahat ng bagay na nilikha ng Diyos ay nabubuhay at umiikot nang patuloy na paggalaw sa loob ng Kanyang paningin. Ang ibig Kong sabihin dito ay ang bawa't isang bagay na nilikha ng Diyos ay may halaga at kabuluhan sa pag-iral nito; ibig sabihin, may kung anong mahalaga tungkol sa pag-iral ng bawa't isang bagay. Sa mga mata ng Diyos, buhay ang bawa't bagay, at, yamang buhay ang lahat ng bagay, lumilikha ng tunog ang bawa't isa sa mga ito. Halimbawa, ang mundo ay patuloy na umiikot, ang araw ay patuloy na umiikot, at ang buwan, gayundin, ay patuloy na umiikot. Habang nagpaparami,

umuunlad, at gumagalaw ang lahat ng bagay, patuloy na naglalabas ng tunog ang mga ito. Patuloy sa pagpaparami, pag-unlad, at paggalaw ang lahat ng bagay na nilikha ng Diyos na umiiral sa mundo. Halimbawa, ang mga base ng mga bundok ay gumagalaw at nagbabago, at ang lahat ng bagay na may buhay sa kailaliman ng mga dagat ay lumalangoy at gumagalaw paroo't parito. Ibig sabihin nito ay ang mga bagay na may buhay na ito, ang lahat ng bagay sa paningin ng Diyos, ay patuloy, regular na gumagalaw, alinsunod sa itinatag na mga tularan. Kung gayon, ano ang idinudulot na umiral ng lahat ng mga bagay na ito na nagpaparami at umuunlad sa karimlan at gumagalaw nang palihim? Mga tunog—malakas, makapangyarihang mga tunog. Sa ibayo ng planetang Lupa, patuloy ring kumikilos ang lahat ng klase ng mga planeta, at patuloy ring nagpaparami, umuunlad at gumagalaw ang mga bagay na may buhay at mga organismo sa mga planetang ito. Ibig sabihin, lahat ng bagay na may buhay at walang buhay ay patuloy na sumusulong sa paningin ng Diyos, at, habang sumusulong, naglalabas din ng tunog ang bawa't isa sa mga ito. Gumawa na rin ng mga pagsasaayos ang Diyos para sa mga tunog na ito, at naniniwala Ako na alam na ninyo ang Kanyang dahilan para rito, hind ba? Kapag lumapit ka sa isang eroplano, ano ang epekto sa iyo ng dagundong ng makina nito? Kung mananatili ka malapit dito nang masyadong matagal, mabibingi ang iyong mga tainga. Paano naman ang iyong puso—matatagalan ba nito ang gayong paghihirap? Hindi ito makakaya ng ilang taong may mahihinang puso. Siyempre, kahit na ang may malalakas na puso ay hindi ito makakayanan nang napakatagal. Ibig sabihin noon, ang epekto ng tunog sa katawan ng tao, maging ito ay sa mga tainga o sa puso, ay lubhang mahalaga para sa bawa't tao, at makasasama sa mga tao ang mga tunog na masyadong malakas. Samakatuwid, nang nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay at matapos magsimulang gumana nang normal ng mga ito, gumawa ang Diyos ng angkop na mga pagsasaayos para sa mga tunog na ito, ang mga tunog ng lahat ng bagay na gumagalaw. Ito, gayundin, ay isa sa mga bagay na kinailangang isaalang-alang ng Diyos nang lumilikha ng kapaligiran para sa sangkatauhan.

Una, ang taas ng atmospera mula sa ibabaw ng mundo ay may epekto sa tunog. Bukod pa rito, manipulahin at makaaapekto rin sa tunog ang laki ng mga puwang sa lupa. Pagkatapos ay nariyan pa ang iba't ibang heograpikal na mga kapaligiran na ang pinagsasalubungan ay nakaaapekto rin sa tunog. Ibig sabihin, gumagamit ang Diyos ng partikular na mga pamamaraan upang alisin ang ilang tunog, nang ang mga tao ay maaaring mabuhay sa isang kapaligirang matatagalan ng kanilang mga tainga at mga puso. Kung hindi, magdudulot ang tunog ng napakalaking balakid sa kaligtasan ng buhay ng sangkatauhan, nagiging isang malaking abala sa kanilang mga buhay at nagsisilbing isang matinding problema para sa kanila. Nangangahulugan ito na naging napakapartikular ng Diyos sa paglikha Niya ng lupa, ng atmospera, at ng iba't ibang uri ng heograpikal na mga kapaligiran, at nakapaloob sa bawa't isa sa mga ito ang karunungan ng Diyos. Hindi kinakailangang maging masyadong detalyado ang pagkaunawa rito ng sangkatauhan—sapat nang malaman ng mga tao na nakapaloob

sa mga iyon ang mga pagkilos ng Diyos. Ngayon, sabihin ninyo sa Akin, itong gawain na ginawa ng Diyos—ang pagsasaayos nang husto sa tunog upang mapanatili ang kapaligirang pinaninirahan ng sangkatauhan at ang kanilang normal na mga buhay—kailangan ba ito? (Oo.) Kung ang gawaing ito ay kailangan, mula sa pananaw na ito, masasabi ba na ginamit ng Diyos ang gawaing ito bilang isang paraan upang tustusan ang lahat ng bagay? Nilikha ng Diyos ang gayong tahimik na kapaligiran para sa pagtustos sa sangkatauhan, upang magawang mabuhay nang normal sa loob nito ang katawan ng tao, nang hindi nakararanas ng anumang pagkagambala, at upang magawa ng sangkatauhan na umiral at mamuhay nang normal. Ito ba, kung gayon, ay hindi isa sa mga paraan kung paano tinutustusan ng Diyos ang sangkatauhan? Hindi ba napakahalagang bagay ng ginawang ito ng Diyos? (Oo.) Kinailangan ito nang malaki. Kaya paano ninyo pinahahalagahan ito? Kahit na hindi ninyo nararamdaman na ito ay pagkilos ng Diyos, ni alam kung paano ito isinagawa ng Diyos noong panahong iyon, nararamdaman pa rin ba ninyo ang pangangailangan ng paggawa ng Diyos sa bagay na ito? Nararamdaman ba ninyo ang karunungan at malasakit at kaisipang iginugol Niya rito? (Oo, nararamdaman namin.) Kung nararamdaman ninyo ito, sapat na iyon. Maraming pagkilos ang isinagawa na ng Diyos sa gitna ng mga bagay na Kanyang nilikha na hindi nararamdaman o nakikita man ng mga tao. Binabanggit Ko lamang ito upang ipaalam sa inyo ang tungkol sa mga pagkilos ng Diyos, nang maaaring makilala ninyo ang Diyos. Mga palatandaan ito na mas makatutulong sa inyo na makilala at maunawaan ang Diyos.

d. Liwanag

May kaugnayan sa mga mata ng mga tao ang ikaapat na bagay: ang liwanag. Napakahalaga rin nito. Kapag nakakita ka ng maliwanag na ilaw, at ang liwanag nito ay umaabot sa isang partikular na lakas, kaya nitong mabulag ang mga mata ng tao. Matapos ang lahat, ang mga mata ng tao ay mga mata ng laman. Hindi matitiis ng mga ito ang iritasyon. Mayroon bang nangangahas na tumingin nang direkta sa araw? Nasubukan na ito ng ilang tao, at kung may suot silang salaming pang-araw, nagagawa naman ito nang maayos—nguni't nangangailangan iyon ng paggamit ng kasangkapan. Kung walang mga kasangkapan, walang kakayahan ang mismong mga mata ng tao na humarap sa araw at tumitig nang direkta dito. Gayunpaman, nilikha ng Diyos ang araw upang magdala ng liwanag sa sangkatauhan, gayundin, ay isang bagay na inasikaso ng Diyos. Hindi lamang basta tinapos ng Diyos na likhain ang araw, inilagak ito sa kung saan, at pagkatapos ay binalewala na ito; hindi ganoon ang paggawa ng Diyos sa mga bagay-bagay. Napakaingat Niya sa Kanyang mga pagkilos, at pinag-iisipan Niya nang husto ang mga ito. Nilikha ng Diyos ang mga mata para sa sangkatauhan upang makakita sila, at nauna na rin Niyang itinakda ang mga parametro ng liwanag kung saan nakikita ng mga tao ang mga bagay. Hindi magiging mabuti kung ang liwanag ay masyadong malamlam. Kapag masyadong madilim na hindi na kayang makita ng mga tao ang

kanilang mga daliri sa kanilang harapan, nawalan na ng kanilang gamit ang kanilang mga mata at wala nang silbi. Subali't ang ilaw na masyadong maliwanag ay kaparehong nagdudulot sa mga mata ng tao na hindi makakita ng mga bagay, dahil hindi-matatagalan ang liwanag. Samakatuwid, nagkaloob na ang Diyos sa kapaligiran kung saan umiiral ang sangkatauhan ng angkop na dami ng liwanag para sa mga mata ng tao—dami na hindi makasasakit o makapipinsala sa mga mata ng mga tao, lalo nang hindi magiging sanhi na mawala ang gamit ng mga ito. Ito ang dahilan kung bakit nagdagdag ang Diyos ng mga suson ng mga ulap sa palibot ng araw at ng mundo, at kung bakit ang densidad ng hangin ay nagagawang salain nang wasto ang mga uri ng liwanag na makasasakit sa mga mata o balat ng mga tao—magkatumbas ang mga ito. Dagdag pa rito, ang mga kulay ng daigdig na nilikha ng Diyos ay nagpapaaninag sa sikat ng araw at lahat ng uri ng liwanag, at nagagawang alisin ang mga uri ng liwanag na masyadong matindi para pakibagayan ng mga mata ng tao. Kaya, nakapaglalakad ang mga tao sa labas at nakapamumuhay nang malaya nang hindi palaging kailangan na magsuot ng napakadilim na salaming pang-araw. Sa normal na mga pagkakataon, nakikita ng mga mata ng tao ang mga bagay sa loob ng saklaw ng kanilang paningin nang hindi naaabala ng liwanag. Ibig sabihin noon, hindi makabubuti kung ang liwanag ay masyadong nakasisilaw, ni kung masyadong malamlam man ito. Kung ito ay masyadong malamlam, mapipinsala ang mga mata ng mga tao, at, matapos ang maikling paggamit, sira na; kung masyadong maliwanag ito, hindi ito matatagalan ng mga mata ng mga tao. Ang mismong liwanag na ito na mayroon ang mga tao ay dapat maging angkop upang makakita ang mga mata ng tao, at nagawa na ng Diyos, sa pamamagitan ng iba't ibang pamamaraan, na mabawasan ang pinsalang dulot ng liwanag sa mga mata ng tao; at kahit na maaaring makabuti o makapagpasakit ang liwanag na ito sa mga mata ng tao, sapat na ito upang hayaan ang mga tao na marating ang hangganan ng kanilang mga buhay nang napananatili ang gamit ng kanilang mga mata. Hindi ba naging masinsinan ang pagsasaalang-alang ng Diyos dito? Subali't ang diyablo, si Satanas, ay kumikilos nang walang gayong mga pagsasaalang-alang na pumasok sa isipan nito kailanman. Kay Satanas, ang liwanag ay palaging masyadong maliwanag o di kaya naman ay masyadong malamlam. Ganito kumilos si Satanas.

Ginawa ng Diyos ang mga bagay na ito sa lahat ng aspeto ng katawan ng tao—sa paningin nito, pandinig, panlasa, paghinga, mga pakiramdam, at iba pa—upang magamit nang husto ang kakayahan ng sangkatauhan na makibagay para sa kaligtasan ng buhay, upang makapamuhay sila nang normal at makapagpatuloy na magawa iyon. Sa madaling sabi, ang kasalukuyang kapaligiran para sa buhay, na nilikha ng Diyos, ay ang kapaligirang pinaka-angkop at kapaki-pakinabang para sa kaligtasan ng buhay ng sangkatauhan. Maaaring isipin ng ilang tao na hindi ito gaanong mahalaga, at na ang lahat ng ito ay napaka-ordinaryo lamang na bagay. Ang tunog, liwanag, at hangin ay mga bagay na pakiramdam ng mga tao ay kasama na sa kanilang karapatan ng pagkapanganak, na tinamasa na nila mula sa sandali ng kanilang kapanganakan. Nguni't sa likod ng mga

bagay na ito na iyong tinatamasa, dati nang gumagawa ang Diyos; isang bagay ito na kailangang maunawaan ng mga tao, isang bagay na kailangan nilang malaman. Hindi mahalaga kung pakiramdam mo man ay hindi na kailangan pang maunawaan ang mga bagay na ito o malaman ang mga ito, sa madaling salita, nang nilikha ng Diyos ang mga ito, pinag-isipan Niyang mabuti ang mga ito, mayroon Siyang plano, mayroon Siyang tiyak na mga ideya. Hindi Niya inilagay nang walang kapararakan o basta-basta ang sangkatauhan sa gayong kapaligiran para sa buhay, nang hindi man lang ito pinagiisipan. Maaaring iniisip ninyo na nagsalita na Ako nang pagkadaki-dakila tungkol sa bawa't isa sa maliliit na bagay na ito, nguni't sa Aking pananaw, kinakailangan para sa kaligtasan ng buhay ng sangkatauhan ang bawa't bagay na ibinigay ng Diyos sa sangkatauhan. Mayroong pagkilos ng Diyos dito.

e. Daloy ng Hangin

Ano ang ikalimang bagay? May malapit na kaugnayan ang bagay na ito sa bawa't araw ng buhay ng bawa't tao. Napakalapit ng kaugnayan nito sa buhay ng tao na kung wala ito ay hindi kayang mabuhay ng katawan ng tao sa materyal na mundong ito. Ang bagay na ito ay ang daloy ng hangin. Marahil ay nauunawaan ng sinuman ang pangngalang "daloy na hangin" pagkarinig pa lang dito. Kung gayon, ano ang daloy ng hangin? Masasabi na ang "daloy ng hangin" ay ang dumadaloy na paggalaw lamang ng hangin. Ang daloy ng hangin ay ang hangin na hindi nakikita ng mata ng tao. Isang daan rin ito kung saan gumagalaw ang mga gas. Subali't sa usapang ito, ano ang pangunahing tinutukoy ng "daloy ng hangin"? Sa sandaling sabihin Ko ito, mauunawaan ninyo kaagad. Pasan ng mundo ang mga bundok, ang mga dagat, at ang lahat ng bagay na nilikha habang ito ay umiikot, at kapag ito ay umiikot, umiikot ito nang may bilis. Kahit na hindi mo nararamdaman ang anuman sa pag-ikot na ito, umiiral pa rin ang pag-ikot ng mundo. Ano ang ibinubunga ng pag-ikot nito? Kapag tumatakbo ka, hindi ba nagkakaroon ng hangin at mabilis na lumalampas sa iyong mga tainga? Kung nalilikha ang hangin kapag tumatakbo ka, paanong hindi nagkakaroon ng hangin kapag umiikot ang mundo? Kapag umiikot ang mundo, gumagalaw ang lahat ng bagay. Ang mundo mismo ay gumagalaw at umiikot sa isang partikular na bilis, habang ang lahat ng bagay dito ay patuloy ring nagpaparami at umuunlad. Samakatuwid, natural na magdudulot ng daloy ng hangin ang paggalaw sa isang partikular na bilis. Ito ang ibig Kong sabihin sa "daloy ng hangin." Hindi ba nakaaapekto ang daloy ng hangin na ito sa katawan ng tao sa isang partikular na punto? Isaalang-alang ang mga bagyo: Hindi ganoon kalakas ang regular na mga bagyo, nguni't kapag nananalasa ang mga ito, hindi man lang makatayo nang maayos ng mga tao, at mahirap para sa kanila na maglakad sa hangin. Mahirap ang kahit na isang hakbang, at maaari pa ngang maitulak ng hangin ang ilang tao sa kung anong bagay, at hindi makagalaw. Isa ito sa mga paraan kung paano nakaaapekto ang daloy ng hangin sa sangkatauhan. Kung ang buong mundo ay binalot ng mga kapatagan, kapag umikot ang mundo at lahat ng bagay, lubos na hindi makatatagal ang

katawan ng tao sa daloy ng hanging likha noon. Magiging masyadong mahirap na tumugon sa gayong sitwasyon. Kung naging ganito talaga, hindi lamang pinsala ang maidudulot sa sangkatauhan ng gayong daloy ng hangin, kundi ganap na pagkawasak. Hindi magagawang mabuhay ng mga tao sa gayong kapaligiran. Ito ang dahilan kung bakit lumikha ang Diyos ng iba't ibang kapaligirang heograpikal upang lutasin ang gayong mga daloy ng hangin—sa magkakaibang kapaligiran, ang mga daloy ng hangin ay humihina, nagbabago ng direksyon, nagbabago ng kanilang bilis, at nagbabago ng kanilang lakas. Ito ang dahilan kung bakit nakakikita ang mga tao ng iba't ibang katangiang heograpikal, gaya ng mga bundok, naglalakihang bulubundukin, mga kapatagan, mga burol, mga lunas, mga lambak, mga talampas, at malalaking ilog. Sa pamamagitan ng iba't ibang katangiang heograpikal na ito, binabago ng Diyos ang bilis, direksyon, at lakas ng daloy ng hangin. Ito ang pamamaraan na Kanyang ginagamit upang bawasan o manipulahin ang daloy ng hangin tungo sa isang hangin na may bilis, direksyon, at lakas na angkop, upang maaaring magkaroon ang mga tao ng isang normal na kapaligirang mapaninirahan. Kailangan ba ito? (Oo.) Tila mahirap para sa mga tao ang paggawa ng bagay na gaya nito, nguni't madali ito para sa Diyos, dahil pinagmamasdan Niya ang lahat ng bagay. Para sa Kanya, wala nang mas isisimple o mas idadali ang paglikha ng isang kapaligiran na may angkop na daloy ng hangin para sa sangkatauhan. Samakatuwid, sa gayong kapaligirang nilikha ng Diyos, kailangang-kailangan ang bawa't isang bagay sa loob ng lahat ng Kanyang nilikha. Mayroong halaga at pangangailangan sa pag-iral ng bawa't isang bagay. Gayunpaman, ang prinsipyong ito ay hindi nauunawaan ni Satanas o ng sangkatauhan na nagawa nang tiwali. Patuloy silang naninira at nagpapalago at nagsasamantala, nang may walang saysay na mga pangarap na gawing patag na lupa ang mga bundok, tambakan ang malalalim na libis, at magtayo ng mga gusaling tukudlangit sa patag na lupa upang lumikha ng kongkretong mga kagubatan. Umaasa ang Diyos na makapamumuhay nang masaya ang sangkatauhan, lumago nang masaya, at gugulin ang bawa't araw nang masaya sa pinaka-angkop na kapaligiran, na Kanyang inihanda na para sa kanila. Kaya naman hindi kailanman naging pabaya ang Diyos pagdating sa pakikitungo Niya sa kapaligirang pinaninirahan ng sangkatauhan. Mula sa temperatura hanggang sa hangin, mula sa tunog hanggang sa liwanag, gumawa na ang Diyos ng mabusising mga plano at pagsasaayos, upang hindi makaranas ng anumang pagkagambala mula sa natural na mga kalagayan ang mga katawan ng mga tao at ang kapaligirang kanilang pinaninirahan, at na sa halip, magagawa ng sangkatauhan na mabuhay at magpakarami nang normal, at manirahan nang normal kasama ang lahat ng bagay nang magkakasundong umiiral. Lahat ng ito ay ibinibigay ng Diyos sa lahat ng bagay at sa sangkatauhan.

Sa paraan kung paano isinaayos ng Diyos ang limang saligang mga kalagayan para sa kaligtasan ng buhay ng tao, nakikita ba kung paano Siya nagtutustos sa sangkatauhan? (Oo.) Ibig sabihin, ang Diyos ang Lumikha ng lahat ng pinakasaligang mga kalagayan para sa kaligtasan ng buhay ng tao, at pinamamahalaan at kinokontrol

din ng Diyos ang mga bagay na ito; kahit ngayon, matapos ang libu-libong taon ng pag-iral ng tao, patuloy pa ring gumagawa ng mga pagbabago ang Diyos sa kanilang kapaligirang pinaninirahan, ibinibigay sa kanila ang pinakamainam at pinaka-angkop na kapaligiran upang mapanatili nang karaniwan ang kanilang mga buhay. Gaano katagal mapananatili ang gayong sitwasyon? Sa madaling salita, hanggang kailan magpapatuloy ang Diyos sa pagbibigay ng gayong kapaligiran? Hanggang lubusan nang matapos ng Diyos ang Kanyang gawain ng pamamahala. Pagkatapos, babaguhin ng Diyos ang kapaligirang pinaninirahan ng sangkatauhan. Maaaring gagawin Niya ang mga pagbabagong ito gamit ang parehong mga pamamaraan, o maaaring gamit ang ibang pamamaraan. Ngunit ang talagang dapat malaman ng mga tao ngayon ay na patuloy na nagtutustos ang Diyos para sa mga pangangailangan ng sangkatauhan; pinamamahalaan ang kapaligirang pinaninirahan ng sangkatauhan; at pinangangalagaan, iniingatan, at pinananatili ang kapaligirang iyon. Sa gayong kapaligiran, nagagawa ng hinirang na mga tao ng Diyos na mamuhay nang karaniwan at tanggapin ang pagliligtas at pagkastingo at paghatol ng Diyos. Ang lahat ng bagay ay nagpapatuloy na mabuhay dahil sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, at patuloy na sumusulong ang buong sangkatauhan dahil sa gayong pagtutustos mula sa Diyos.

Nagdulot na ba sa inyo ng anumang bagong mga kaisipan ang huling bahaging ito ng ating pagbabahagi? Nababatid na ba ninyo ngayon ang pinakamalaking pagkakaiba sa pagitan ng Diyos at ng sangkatauhan? Sa huli, sino ba ang panginoon ng lahat ng bagay? Tao ba? (Hindi.) Kung gayon ay ano ang pagkakaiba sa pagitan ng kung paano pinakikitunguhan ng Diyos at ng mga tao ang lahat ng nilikha? (Pinamamahalaan at isinasaayos ng Diyos ang lahat ng bagay, habang tinatamasa ng tao ang mga ito.) Sumasang-ayon ba kayo dito? Ang pinakamalaking pagkakaiba sa pagitan ng Diyos at ng sangkatauhan ay ang Diyos ang namamahala at nagtutustos sa lahat ng nilikha. Siya ang pinagmumulan ng lahat, at habang nagtutustos ang Diyos sa lahat ng nilikha, tinatamasa ito ng sangkatauhan. Ibig sabihin, tinatamasa ng tao ang lahat ng bagay na nilikha kapag tinatanggap niya ang buhay na ipinagkakaloob ng Diyos sa lahat ng bagay. Ang Diyos ang Panginoon, at tinatamasa ng sangkatauhan ang mga bunga ng paglikha ng Diyos sa lahat ng bagay. Ano, kung gayon, mula sa pananaw ng lahat ng bagay na nilikha ng Diyos, ang pinagkaiba ng Diyos at ng sangkatauhan? Malinaw na nakikita ng Diyos ang mga batas kung paano lumalago ang lahat ng bagay, at kinokontrol at pinangingibabawan Niya ang mga batas na ito. Ibig sabihin, ang lahat ng bagay ay nasa paningin ng Diyos at nasa loob ng saklaw ng Kanyang pagsusuri. Nakikita ba ng sangkatauhan ang lahat ng bagay? Limitado ang nakikita ng sangkatauhan sa kung ano ang direktang nasa harapan nila. Kung umakyat ka ng bundok, ang bundok lamang na iyon ang iyong nakikita. Hindi mo nakikita ang nasa kabilang panig ng bundok. Kung pumunta ka sa dalampasigan, isang panig lamang ng karagatan ang nakikita mo, at hindi mo nalalaman kung ano ang hitsura ng kabilang panig ng karagatan. Kung pumunta ka sa isang gubat, nakikita mo ang mga pananim sa harapan mo at sa paligid

mo, nguni't hindi mo nakikita kung ano ang nasa banda pa roon. Hindi kayang makita ng mga tao ang mga lugar na mas mataas, mas malayo, mas malalim. Ang lahat ng kanilang nakikita ay kung ano lang ang direktang nasa harapan nila, sa loob ng kanilang abot-tanaw. Kahit na alam ng mga tao ang batas na umaatas sa apat na panahon ng taon, o ang mga batas kung paano lumalago ang lahat ng bagay, hindi pa rin nila kayang pamahalaan o atasan ang lahat ng bagay. Subali't ang paraan kung paano nakikita ng Diyos ang lahat ng bagay ay gaya ng kapag nakikita Niya ang isang makina na Siya Mismo ang gumawa. Lubos na pamilyar Siya sa bawa't bahagi at bawa't koneksyon, kung ano ang mga prinsipyo ng mga ito, kung ano ang mga tularan ng mga ito, at kung ano ang mga layon ng mga ito—alam ng Diyos ang lahat ng ito nang may pinakamataas na antas ng kalinawan. Kaya naman ang Diyos ay Diyos, at ang tao ay tao! Bagaman maaaring malalim na magsaliksik ang tao sa agham at sa mga batas na namamahala sa lahat ng bagay, limitado ang saklaw ng pagsasaliksik na iyon, samantalang kinokontrol ng Diyos ang lahat, na para sa tao, ay isang walang hanggang kontrol. Maaaring gugulin ng tao ang buong buhay niya sa pagsasaliksik sa pinakamaliit na gawa ng Diyos nang walang nakakamtang anumang totoong mga resulta. Ito ang dahilan, kung gamit mo lang ay kaalaman at kung ano ang iyong natutuhan upang pag-aralan ang Diyos, hindi mo kailanman makikilala ang Diyos o mauunawaan Siya. Subali't kung piliin mo ang daan ng paghahanap sa katotohanan at paghahanap sa Diyos, at tingnan ang Diyos mula sa pananaw ng pagkilala sa Kanya, isang araw, makikilala mo na ang mga gawa at karunungan ng Diyos ay nasa lahat ng dako, at malalaman mo kung bakit tinatawag ang Diyos na Panginoon ng lahat ng bagay at ang pinagmumulan ng buhay para sa lahat ng bagay. Habang mas nagkakamit ka ng gayong pagkaunawa, mas mauunawaan mo rin kung bakit tinatawag ang Diyos na Panginoon ng lahat ng bagay. Ang lahat ng bagay at ang lahat-lahat, kabilang ka, ay patuloy na tumatanggap ng walang-humpay na pagtustos ng Diyos. Magagawa mo ring maramdaman nang malinaw na sa mundong ito, at sa sangkatauhang ito, walang sinuman maliban sa Diyos ang maaaring magkaroon ng kakayahan at ng diwa Niya na mamuno, mamahala, at magpanatili ng pag-iral ng lahat ng bagay. Kapag dumating ka sa pagkaunawang ito, tunay mong kikilalanin na ang Diyos ay ang iyong Diyos. Kapag narating mo ang puntong ito, tunay mong tatanggapin ang Diyos at hahayaan Siyang maging iyong Diyos at iyong Panginoon. Kapag natamo mo na ang gayong pagkaunawa at sumapit na ang iyong buhay sa gayong punto, hindi ka na susubukin at hahatulan pa ng Diyos, ni hihingi Siya ng anuman mula sa iyo, dahil mauunawaan mo ang Diyos, makikilala ang Kanyang puso, at tunay na tatanggapin ang Diyos sa iyong puso. Isang mahalagang dahilan ito upang magbahagi sa mga paksang ito ng pangingibabaw at pamamahala ng Diyos sa lahat ng bagay. Ang paggawa nito ay upang magbigay sa mga tao ng mas marami pang kaalaman at pagkaunawa—hindi lamang upang kilalanin mo, bagkus ay upang makilala at maunawaan mo ang mga pagkilos ng Diyos sa mas praktikal na paraan.

Ang Pang-araw-araw na Pagkain at Inuming Inihahanda ng Diyos Para sa Sangkatauhan

Ngayon-ngayon lang, pinag-usapan natin ang tungkol sa isang bahagi ng kapaligiran sa kabuuan, iyon ay, ang mga kundisyong kinakailangan para sa kaligtasan ng buhay ng tao, na inihanda ng Diyos nang nilikha Niya ang mundo. Pinag-usapan natin ang tungkol sa limang bagay, limang elemento ng kapaligiran. May malapit na kaugnayan ang ating susunod na paksa sa pisikal na buhay ng bawa't tao, at mas angkop ito sa buhay na iyon at isang mas malaking katuparan ng kinakailangan nitong mga kundisyon kaysa sa nakaraang lima. Samakatuwid nga, ito ang pagkaing kinakain ng mga tao. Nilikha ng Diyos ang tao at inilagay siya sa isang angkop na kapaligirang paninirahan; pagkatapos, kinailangan ng tao ang pagkain at tubig. Nagkaroon ang tao ng ganitong pangangailangan, kaya gumawa ang Diyos ng naaangkop na mga paghahanda para sa kanya. Samakatuwid, ang bawa't hakbang ng gawain ng Diyos at ang bawa't bagay na ginagawa Niya ay hindi hungkag na mga salitang binibigkas, bagkus ay tunay, praktikal na pagkilos na isinasagawa. Hindi ba't kailangang-kailangan ang pagkain sa pang-araw-araw na buhay ng mga tao? Mas mahalaga ba ang pagkain kaysa sa hangin? Magkasinghalaga ang mga ito. Kapwa mga kinakailangang kundisyon at mga substansiya para sa kaligtasan ng buhay ng sangkatauhan at para mapangalagaan ang pagpapatuloy ng buhay ng tao. Alin ang mas mahalaga—hangin, o tubig? Temperatura, o pagkain? Magkakasinghalaga ang mga ito. Hindi maaaring mamili ang mga tao sa mga ito sapagka't hindi maaaring mawala sa kanila ang anuman sa mga ito. Isa itong tunay, praktikal na usapin, hindi isa sa iyong mga pagpili sa pagitan ng mga bagay-bagay. Hindi mo alam, nguni't alam ng Diyos. Kapag nakakakita ka ng pagkain, iniisip mong, "Hindi ko kayang walang pagkain!" Subali't pagkatapos na pagkatapos kang likhain, alam mo ba noon na kailangan mo ng pagkain? Hindi mo alam, nguni't alam ng Diyos. Noon lang nagutom ka at nakakita ng bunga sa mga puno at butil sa lupa para iyong kainin na iyong napagtantong kailangan mo ng pagkain. Noon lang nauhaw ka at nakakita ng bukal ng tubig—noon lang uminom ka na iyong napagtantong kailangan mo ng tubig. Patiuna nang inihanda ng Diyos ang tubig para sa sangkatauhan. Ang pagkain, hindi mahalaga kung ang isang tao ay kumakain sa isang araw nang tatlo o dalawang beses, o maging higit pa, ay, sa madaling sabi, isang bagay na hindi maaaring mawala sa mga tao sa kanilang pang-araw-araw na mga buhay. Isa ito sa mga bagay na kailangan upang mapanatili ang normal, nagpapatuloy na kaligtasan ng buhay ng katawan ng tao. Kung gayon, saan nagmumula ang karamihan sa mga pagkain? Una, nagmumula ito sa lupa. Patiuna nang inihanda ng Diyos ang lupa para sa sangkatauhan, at angkop ito para sa kaligtasan ng buhay ng maraming uri ng mga halaman, hindi lamang mga puno o damo. Inihanda ng Diyos para sa sangkatauhan ang mga buto ng lahat ng uri ng mga butil at mga buto ng iba't iba pang pagkain, at binigyan Niya ang sangkatauhan ng angkop na lupa at lupain para tamnan, at sa pamamagitan ng mga

bagay na ito, nakakukuha ng pagkain ang sangkatauhan. Ano ang iba't ibang uri ng pagkain? Marahil ay alam na ninyo. Una, nariyan ang iba't ibang butil. Ano ang iba't ibang uri ng butil na mayroon? Trigo, dawang foxtail, dawang malagkit, dawang proso, at iba pang uri ng tinalupang butil. Ang mga binutil, gayundin, ay mayroong lahat ng uri, na may sari-saring klase mula sa timog hanggang sa hilaga: sebada, trigo, obena, bakwit, at iba pa. Iba't ibang uri ang naaangkop na linangin sa iba't ibang rehiyon. Mayroon ding iba't ibang uri ng bigas. Ang timog ay mayroong sarili nitong sari-saring klase, na mas mahahabang butil at angkop sa mga tao mula sa timog dahil ang klima ay mas mainit doon, kailangan nilang kumain ng mga klase na gaya ng bigas na indica, na hindi masyadong malagkit. Hindi maaaring maging masyadong malagkit ang kanilang bigas kundi ay mawawalan sila ng gana at hindi masisikmura ito. Mas malagkit ang kinakaing bigas ng mga taga-Hilaga, sapagka't ang hilaga ay laging malamig, dapat kumain ang mga tao roon ng mas malagkit na mga pagkain. Sunod, mayroon ding maraming klase ng patani, na tumutubo sa ibabaw ng lupa, at laman-lupang mga gulay na tumutubo sa ilalim ng lupa, gaya ng mga patatas, kamote, gabi, at marami pang iba. Tumutubo ang mga patatas sa hilaga, kung saan napakaganda ng kalidad ng mga ito. Kapag walang makaing butil ang mga tao, ang mga patatas, bilang isang pangunahing pagkain, ay maaari silang mapanatili na kumakain nang tatlong beses sa isang araw. Maaari ring maging reserbang pagkain ang mga patatas. Hindi kasing-ganda ng mga patatas ang mga kamote pagdating sa kalidad, nguni't maaari pa ring magamit ang mga ito bilang pangunahing pagkain upang makumpleto ang tatlong pang-araw-araw na pagkain. Kapag mahirap makakuha ng mga butil, maiiwasan ng mga tao ang gutom sa pamamagitan ng mga kamote. Ang gabi, na kadalasang kinakain ng mga tao sa timog, ay maaari ring gamitin sa parehong paraan, at maaari ring magsilbing pangunahing pagkain. Iyan ang maraming iba't ibang pananim, na kinakailangang mga bahagi ng pang-araw-araw na pagkain at inumin ng mga tao. Gumagamit ang mga tao ng iba't ibang butil upang gumawa ng tinapay, siopao, noodles, kanin, bihong gawa sa bigas, at iba pang mga bagay. Saganang ipinagkaloob na ng Diyos ang iba't ibang uri ng mga butil na ito sa sangkatauhan. Kung bakit mayroong napakaraming sari-saring klase ay isang bagay na may kaugnayan sa kalooban ng Diyos: Naaangkop ang mga ito na palaguin sa iba't ibang lupa at klima ng hilaga, timog, silangan, at kanluran; habang tumutugon ang iba't iba nitong komposisyon at nilalaman sa iba't ibang komposisyon at nilalaman ng katawan ng tao. Tanging sa pagkain ng mga butil na ito mapananatili ng mga tao ang iba't ibang sustansiya at substansiyang kinakailangan ng kanilang mga katawan. Magkaiba ang pagkaing hilaga at pagkaing timog, nguni't mas marami ang pagkakatulad ng mga ito kaysa sa pagkakaiba. Kapwa kayang masapatan ang regular na mga pangangailangan ng katawan ng tao at suportahan ang normal na kaligtasan ng buhay nito. Kaya, napakarami ng uring ibinubunga sa baw't rehiyon dahil kailangan ng pisikal na katawan ng mga tao ang ibinibigay ng iba't ibang pagkaing ito—kailangan nilang matustusan ng iba't ibang pagkaing ito na pinalago mula sa lupa upang mapanatili

ang normal na pag-iral ng katawan, na maaari silang magkaroon ng normal na buhay ng tao. Sa madaling sabi, naging napakamapagsaalang-alang ang Diyos sa sangkatauhan. Hindi pare-pareho ang iba't ibang pagkaing ipinagkaloob ng Diyos sa mga tao—sa kabaligtaran, napakalawak ng saklaw ng mga ito. Kung gusto ng mga tao na kumain ng mga binutil, makakakain sila ng mga binutil. Mas gusto ng ilang tao ang kanin kaysa sa trigo, at, kapag ayaw ng trigo, makakakain sila ng kanin. Mayroong lahat ng uri ng bigas—mahabang butil, maliit na butil—at kaya ng bawa't isa na mapasiyahan ang mga panlasa ng mga tao. Samakatuwid, kung kumain ang mga tao ng mga butil na ito—hanggang hindi sila masyadong mapili sa kanilang pagkain—hindi sila magkukulang sa nutrisyon at siguradong mamumuhay nang malusog hanggang sila ay mamatay. Iyon ang ideyang nasa isip ng Diyos nang pinagkalooban Niya ng pagkain ang sangkatauhan. Hindi maaaring wala ng mga bagay na ito ang katawan ng tao—hindi ba iyon ang realidad? Mga praktikal itong problema na hindi kayang lutasin ng mga tao nang mag-isa, nguni't nakahanda ang Diyos para sa kanila: Pinag-isipan Niya ang mga ito nang patiuna at gumawa ng mga paghahanda para sa sangkatauhan.

Subali't hindi lang iyon ang ibinigay ng Diyos sa sangkatauhan—binigyan Niya rin ng mga gulay ang sangkatauhan! Kapag kumakain ka ng kanin, kung iyon lang ang kinakain mo, at wala nang iba pa, maaaring magkulang sa nutrisyon. Sa kabilang banda, kung magprito ka ng kaunting gulay o maghalo ng ensalada upang kaining kasama ng mga pagkain, natural na masasapatan ng mga bitamina sa mga gulay at ng iba't ibang tig-kakaunting mga elemento at iba pang sustansiya ng mga ito ang mga pangangailangan ng katawan. At makakakain din ang mga tao ng kaunting prutas tuwing meryenda. Minsan, kailangan ng mga tao ng mas maraming likido o iba pang sustansiya o iba't ibang lasa, at nariyan ang mga prutas at gulay upang tugunan ang mga pangangailangang ito. Dahil magkakaiba ang mga lupa at klima sa hilaga, timog, silangan at kanluran, sari-saring klase ng mga prutas at gulay ang ibinubunga ng mga ito. Dahil ang klima sa timog ay masyadong mainit, karamihan sa mga prutas at gulay roon ay pampalamig na uri, na, matapos makain, ay kayang balansehin ang lamig at init sa katawan ng tao. Sa kabaligtaran, mayroong mas kakaunting klase ng mga gulay at prutas sa hilaga, nguni't sapat pa rin upang tamasahin ng mga taga-roon. Gayunpaman, dahil sa mga pag-unlad sa lipunan nitong nakaraang mga taon at sa tinatawag na panlipunang pagsulong, pati na rin ang mga pagpapabuti sa komunikasyon at transportasyon na nag-uugnay sa hilaga, timog, silangan, at kanluran, nakakakain na rin ang mga tao sa hilaga ng ilang prutas at gulay mula sa timog, o mga produktong panrehiyon mula sa timog, at magagawa nila iyon sa lahat ng apat na panahon ng taon. Bagaman kaya nitong mapasiyahan ang gana sa pagkain at materyal na mga pagnanasa ng mga tao, sumasailalim ang kanilang mga katawan sa iba-ibang antas ng pinsala nang hindi sinasadya. Ito ay dahil, sa mga pagkaing inihanda ng Diyos para sa sangkatauhan, mayroong mga pagkain at mga prutas at mga gulay na ukol sa mga tao sa timog, at mayroon ding mga pagkain at mga prutas at mga gulay na ukol sa mga tao sa hilaga.

Ibig sabihin, kung ipinanganak ka sa timog, angkop para sa iyo ang pagkain ng mga bagay mula sa timog. Partikular na inihanda ng Diyos ang mga pagkain at mga prutas at mga gulay na ito dahil may partikular na klima ang timog. Ang hilaga ay mayroong pagkain na kailangan para sa mga katawan ng mga tao sa hilaga. Subali't dahil may matakaw na gana sa pagkain ang mga tao, di-namamalayang pinahintulutan na nila ang kanilang mga sarili na magpadala sa daloy ng bagong mga panlipunang kalakaran, at wala silang kamalay-malay na lumalabag sa mga batas na ito. Kahit na pakiramdam ng mga tao ay mas mabuti ang kanilang mga buhay kaysa sa nakalipas, nagdudulot ang ganitong uri ng panlipunang pagsulong ng natatagong kapinsalaan sa mga katawan ng mas dumarami pang bilang ng mga tao. Hindi ito ang gustong makita ng Diyos, at hindi ito ang nilayon Niya nang ibinigay Niya sa sangkatauhan ang mga pagkain, mga prutas, at mga gulay na ito. Ang mga tao mismo ang naging sanhi ng kasalukuyang sitwasyon sa pamamagitan ng paglabag sa mga batas ng Diyos.

Bukod pa man sa lahat ng iyon, tunay na mayaman sa kasaganaan ang yamang ibinigay na ng Diyos sa sangkatauhan, at may sariling lokal na produkto ang bawa't lugar. Halimbawa, mayaman ang ilang lugar sa pulang mga datiles (na kilala rin bilang mga dyudyube), mayaman ang iba sa mga nogales, at mayaman naman ang iba sa mga mani o iba pang uri ng mga nuwes. Nagbibigay ang lahat ng materyal na bagay na ito ng mga sustansiyang kailangan ng katawan ng tao. Subali't nagtutustos ang Diyos sa sangkatauhan ng mga bagay sa tamang dami at sa tamang oras, ayon sa panahon at petsa ng taon. Nag-iimbot ang sangkatauhan ng pisikal na mga kasiyahan at matakaw, na ginagawang madali na labagin at pinsalain ang likas na mga batas ng paglago ng tao na Kanyang itinatag nang nilikha Niya ang sangkatauhan. Kunin natin bilang halimbawa ang seresa. Nahihinog ang mga ito sa bandang Hunyo. Sa ilalim ng normal na mga kalagayan, pagsapit ng Agosto, wala nang natitirang seresa. Mapananatiling sariwa ang mga seresa sa loob lamang ng dalawang buwan, nguni't, gamit ang siyentipikong mga pamamaraan, kaya na ngayon ng mga tao na pahabain ang panahong iyon sa labindalawang buwan, kahit hanggang sa panahon ng mga seresa sa susunod na taon. Nangangahulugan ito na may mga seresa sa buong taon. Normal ba ang kababalaghang ito? (Hindi.) Kung gayon ay kailan ang pinakamagandang panahon upang kumain ng mga seresa? Iyon ay ang panahon mula Hunyo hanggang Agosto. Pagkalipas ng panahong ito, kahit gaano kasariwa mo pinananatili ang mga seresa, hindi pareho ang kanilang lasa, at hindi rin nagbibigay ang mga ito ng kung ano ang kinakailangan ng katawan ng tao. Sa oras na lumipas na ang petsa ng pagkasira, kahit anong mga kemikal ang iyong gamitin, hindi mo mapupuspos ang mga ito ng lahat ng mayroon ito kapag pinalago nang natural. Dagdag pa rito, isang bagay ang pinsala na dulot ng mga kemikal sa mga tao na walang sinuman ang makalulutas o makapagbabago, anuman ang subukan nila. Kaya, ano ang dinadala ng kasalukuyang ekonomiya ng pamilihan sa mga tao? Tila mas mabuti ang mga buhay ng mga tao, naging napakadali ng transportasyon sa pagitan ng mga rehiyon, at nakakakain ang mga tao ng lahat ng klase ng mga prutas

sa anuman sa apat na panahon ng taon. Palaging nakakakain ang mga tao sa hilaga ng mga saging, pati na rin ng anumang masasarap na panrehiyong pagkain, prutas, o iba pang pagkaing mula sa timog. Subali't hindi ito ang buhay na nais ibigay ng Diyos sa sangkatauhan. Maaaring magdala ng ilang benepisyo sa buhay ng mga tao ang ganitong klase ng ekonomiya ng pamilihan, nguni't makapagdadala rin ito ng pinsala. Dahil sa kasaganaan sa pamilihan, maraming tao ang kumakain nang hindi nag-iisip tungkol sa kung ano ang inilalagay nila sa kanilang mga bibig. Nilalabag ng pag-uugaling ito ang mga batas ng kalikasan, at nakapipinsala ito sa kalusugan ng mga tao. Kaya, hindi nakapagdudulot ang ekonomiya ng pamilihan ng tunay na kasiyahan sa mga tao. Tingnan ninyo mismo. Hindi ba ibinebenta ang mga ubas sa pamilihan sa lahat ng apat na panahon ng taon? Sa katunayan, nananatili lamang na sariwa ang mga ubas sa loob ng napakaikling panahon matapos pitasin ang mga ito. Kung itago mo ang mga ito hanggang sa susunod na Hunyo, matatawag pa bang ubas ang mga ito? O mas mabuti bang tawaging “basura” ang mga ito? Hindi lamang sa kulang ang mga ito ng substansiya ng isang sariwang ubas—mas marami ring kemikal ang mga ito. Matapos ang isang taon, hindi na sariwa ang mga ito, at matagal nang nawala ang mga sustansiyang mayroon ito dati. Kapag kumakain ang mga tao ng ubas, ganito ang kanilang pakiramdam: “Napakasuwerte natin! Makakakain ba tayo ng mga ubas sa panahong ito tatlumpung taon ang nakalilipas? Hindi maaari, kahit na gusto mo! Kay-inam ng buhay ngayon!” Kasiyahan ba talaga ito? Kung interesado, makapagsasagawa ng sariling pananaliksik tungkol sa inimbak na mga ubas gamit ang kemikal at tingnan lang kung ano ang bumubuo sa mga ito at kung ang mga substansiyang ito ay makabubuti ba sa mga tao. Sa Kapanahunan ng Kautusan, habang naglalakbay ang mga Israelita matapos lisanin ang Ehipto, binigyan sila ng Diyos ng pugo at mana. Subali't pinahintulutan ba ng Diyos ang mga tao na imbakin ang mga pagkaing ito? Maikli ang pananaw ng ilan sa kanila at, takot na wala na sa susunod na araw, kaya't nagtatago sila nang kaunti para makain kalaunan. Ano ang nangyari pagkatapos? Nang sumunod na araw, bulok na ito. Hindi hinahayaan ng Diyos na magtabi ka nang kaunti man, sapagka't nagsagawa na Siya ng mga paghahandang tumitiyak na hindi ka magugutom. Subali't walang ganoong pagtitiwala ang sangkatauhan, ni mayroon silang tunay na pananampalataya sa Diyos. Palagi nilang nais na bigyan ng puwang ang kanilang mga sarili upang magmaniobra, at hindi kailanman nakikita ang lahat ng malasakit at pag-iisip sa likod ng mga paghahanda ng Diyos para sa sangkatauhan. Hindi nila nararamdaman ito, kaya't hindi nila ganap na mailagak ang kanilang pananampalataya sa Diyos, palaging nag-iisip na: “Hindi maaasahan ang mga pagkilos ng Diyos! Sino ang nakaaalam kung ibibigay ba sa atin ng Diyos kung ano ang kailangan natin o kung kailan Niya ibibigay ito sa atin! Kung gutom na gutom na ako at hindi nagbibigay ang Diyos, hindi ba't mamamatay ako sa gutom? Hindi ba ako magkukulang sa nutrisyon?” Tingnan kung gaano karupok ang pagtitiwala ng tao!

Ang mga butil, mga prutas at mga gulay, at ang lahat ng uri ng mga nuwes—lahat

ng ito ay mga pagkaing walang karne. Nagtataglay ang mga ito ng sapat na mga sustansiya upang masapatan ang mga pangangailangan ng katawan ng tao, bagaman mga pagkaing walang karne ang mga ito. Gayunpaman, hindi sinabi ng Diyos na: “Ito lang ang mga pagkaing ibibigay Ko sa sangkatauhan. Hayaan silang kainin ang mga bagay na ito lamang!” Hindi tumigil ang Diyos doon, bagkus ay nagpatuloy upang maghanda para sa sangkatauhan ng marami pang pagkain na lalo pang mas masasarap. Ano ang mga pagkaing ito? Ito ang iba’t ibang uri ng karne at isda na nakikita at nakakain ng karamihan sa inyo. Naghanda Siya para sa tao ng maraming-maraming uri ng karne at isda. Nabubuhay sa tubig ang mga isda, at ang karne ng isda ng tubig ay iba sa substansiya ng karne ng mga hayop na naninirahan sa lupa, at makapagbibigay ang mga ito ng iba’t ibang sustansiya sa tao. May mga katangian din ang isda na makapagsasaayos ng lamig at init sa katawan ng tao, na lubos na kapaki-pakinabang sa tao. Nguni’t hindi dapat kainin nang sobra-sobra ang masasarap na pagkain. Tulad ng nasabi Ko na, ipinagkakaloob ng Diyos sa sangkatauhan ang tamang dami sa tamang oras, upang maayos na matamasa ng mga tao ang Kanyang pagkakaloob sa normal na paraan at alinsunod sa panahon at oras. Ngayon, anong uri ng mga pagkain ang kabilang sa kategorya ng manukan? Manok, pugo, kalapati, at marami pang iba. Maraming tao ang kumakain rin ng itik at gansa. Bagaman ibinigay na ng Diyos ang lahat ng uring ito ng karne, gumawa Siya ng ilang kahilingan sa Kanyang hinirang na mga tao at naglagay ng tiyak na mga limitasyon sa kanilang diyeta noong Kapanahunan ng Kautusan. Sa kasalukuyan, ayon sa indibiduwal na panlasa at personal na pagpapakahulugan ang mga limitasyong ito. Nagbibigay ang iba’t ibang karneng ito ng magkakaibang sustansiya sa katawan ng tao, pinapalitang muli ang protina at iron, pinagyayaman ang dugo, pinatitibay ang mga kalamnan at ang mga buto, at pinalalakas ang katawan. Paano man lutuin at kainin ng mga tao ang mga ito, makatutulong ang mga karneng ito na mapabuti ang lasa ng kanilang pagkain at mapalakas ang kanilang gana, habang pinasisiyahan din ang kanilang mga sikmura. Ang pinakamahalaga, kayang tustusan ng mga pagkaing ito ang pang-araw-araw na pangangailangan sa nutrisyon ng katawang ng tao. Ito ang pagsasaalang-alang ng Diyos nang inihanda Niya ang pagkain para sa sangkatauhan. May mga gulay, may karne—hindi ba ito kasaganaan? Subali’t dapat maunawaan ng mga tao kung ano ang intensyon ng Diyos nang inihanda Niya ang lahat ng pagkain para sa sangkatauhan. Ito ba ay upang magpakalabis ang sangkatauhan sa mga pagkaing ito? Ano ang nangyayari kapag nasadlak ang tao sa pagtatangkang mapasiyahan ang materyal na mga pagnanasang ito? Hindi ba siya nagiging sobra sa kain? Hindi ba nagpapahirap sa katawan ng tao sa maraming paraan ang labis na pagkain? (Oo.) Iyon ang dahilan kung bakit binabaha-bahagi ng Diyos ang tamang dami sa tamang oras at pinatatamasa sa mga tao ang iba’t ibang pagkain alinsunod sa iba’t ibang takdang oras at panahon. Halimbawa, matapos ang napakainit na tag-init, naiipon ng mga tao ang sobrang init sa kanilang mga katawan, pati na rin ang patohenikong pagkatuyo at pamamasa. Kapag dumating ang taglagas,

maraming uri ng prutas ang nahihinog, at kapag kumain ang mga tao ng mga prutas na ito, napaaalis ang pamamasa sa kanilang mga katawan. Sa panahong ito, lumaki na ring malalakas ang mga baka at tupa, kaya ito ay kung kailan dapat kumain ang mga tao ng mas maraming karne bilang pagkain. Sa pagkain ng iba't ibang uri ng karne, nagkakamit ng enerhiya at init ang mga katawan ng mga tao upang tulungan silang makayanan ang lamig ng taglamig, at bilang resulta ay nakakayanan nilang malampasan ang taglamig nang ligtas at malusog. Nang may buong ingat at katiyakan, kinokontrol at isinasaayos ng Diyos kung ano ang ibibigay sa sangkatauhan, at kung kailan; at kung kailan Niya palalaguin, pabubungahin, at pahihinugin ang iba't ibang bagay. Nauugnay ito sa “Paano inihahanda ng Diyos ang pagkaing kailangan ng tao sa pang-araw-araw niyang pamumuhay.” Bukod sa maraming uri ng pagkain, nagbibigay rin ang Diyos sa sangkatauhan ng mga pinagmumulan ng tubig. Matapos kumain, kailangan pa rin ng mga tao na uminom ng tubig. Sapat na ba ang prutas lang? Hindi mabubuhay ang mga tao sa prutas lang, at bukod pa rito, walang prutas sa ilang panahon. Kung gayon, paano malulutas ang problema ng sangkatauhan sa tubig? Nalutas na ito ng Diyos sa pamamagitan ng paghahanda ng maraming pinagmumulan ng tubig sa ibabaw at sa ilalim ng lupa, kabilang ang mga lawa, mga ilog, at mga bukal. Maiinum ang mga pinagmumulan ng tubig na ito hangga’t walang kontaminasyon, at hangga’t hindi pa ito namanipula o napinsala ng mga tao. Sa madaling salita, pagdating sa mga pinagmumulan ng pagkain na nagpapanatili sa buhay ng pisikal na mga katawan ng sangkatauhan, nagsagawa na ang Diyos ng napakatiyak, napakatumpak, at napaka-angkop na mga paghahanda, upang maging mayaman at masagana ang buhay ng mga tao at hindi nagkukulang ng kahit ano. Isang bagay ito na nararamdaman at nakikita ng mga tao.

Dagdag pa rito, nilikha ng Diyos kasama ng lahat ng bagay ang ilang halaman, mga hayop, at iba't ibang halamang-gamot na partikular na iniukol upang magpagaling ng mga pinsala o gamutin ang mga karamdaman sa katawan ng tao. Ano ang dapat gawin ng isang tao, halimbawa, kung mapaso sila, o aksidenteng mabanlian ng mainit na likido ang kanilang mga sarili? Maaari bang banlawan na lamang ng tubig ang paso? Maaari mo bang balutin na lamang ito ng kahit anong piraso ng tela? Kung gawin iyon, maaaring mapuno ng nana o maimpeksiyon ang sugat. Kung magkalagnat ang isang tao, halimbawa, o magkasipon; masaktan habang nagtatrabaho; magkaroon ng sakit sa tiyan mula sa pagkain ng maling bagay; o magkaroon ng mga karamdamang dulot ng uri ng pamumuhay o emosyonal na mga isyu, kabilang ang mga karamdaman sa ugat, sikolohikal na mga kundisyon, o mga sakit sa mga lamang-loob, mayroong kaukulang mga halaman na nagpapagaling sa kanilang mga kundisyon. May mga halaman na nagpapabuti ng daloy ng dugo at nag-aalis ng mga pagbara, nagpapaghahawa sa kirot, pumipigil sa pagdurugo, nagbibigay ng pampamanhid, tumutulong sa paghilom ng balat at ibinabalik ito sa normal na kundisyon, at nagpapangalat sa di-dumadaloy na dugo at nag-aalis ng mga lason mula sa katawan—sa madaling sabi, may mga gamit ang mga halamang ito sa pang-araw-araw na buhay. Magagamit ng mga tao ang mga ito, at

inihanda na ng Diyos ang mga ito para sa katawan ng tao sakaling kailanganin. Pinahintulutan ng Diyos na matuklasan ng tao ang ilan sa mga ito nang di-sinasadya, habang natuklasan ang iba ng mga taong hinirang ng Diyos na gawin iyon, o bilang resulta ng espesyal na mga kababalaghang isinaayos Niya. Kasunod ng pagkakatuksa sa mga halamang ito, ipapasa ng sangkatauhan ang mga ito, at maraming tao ang makaaalam tungkol sa mga ito. Samakatuwid ay may halaga at kahulugan ang paglikha ng Diyos sa mga halamang ito. Bilang buod, mula sa Diyos ang lahat ng bagay na ito, Kanyang inihanda at itinanim nang likhain Niya ang kapaligirang pinaninirahan ng sangkatauhan. Kinakailangan ang mga ito. Mas masinsinan ba ang pag-iisip ng Diyos kaysa sa sangkatauhan? Kapag nakikita mo ang lahat ng nagawa na ng Diyos, nararamdaman mo ba ang praktikal na panig ng Diyos? Gumagawa nang palihim ang Diyos. Nilikha na ng Diyos ang lahat ng ito noong hindi pa dumarating ang tao sa mundong ito, noong wala pa Siyang pakikipag-ugnayan sa sangkatauhan. Ginawa ang lahat nang isinasaisip ang sangkatauhan, para sa kapakanan ng pag-iral ng sangkatauhan at nang may pag-iisip para sa kaligtasan ng kanilang buhay, upang maaaring mamuhay ang sangkatauhan nang masaya sa mayaman at masaganang materyal na mundong ito na inihanda ng Diyos para sa kanila, malaya mula sa pag-aalala tungkol sa pagkain o sa mga damit, hindi nagkukulang ng kahit na ano. Sa gayong kapaligiran, nakapagpapatuloy ang sangkatauhan na magparami at manatiling buhay.

Sa lahat ng gawa ng Diyos, malaki at maliit, mayroon bang walang halaga o kahulugan? Lahat ng ginagawa Niya ay may halaga at kahulugan. Simulan natin ang ating talakayan sa isang karaniwang paksa. Madalas na tinatanong ng mga tao: Ano ang nauna, ang manok o ang itlog? (Ang manok.) Naunang dumating ang manok, sigurado iyan! Bakit naunang dumating ang manok? Bakit hindi maaaring ang itlog ang naunang dumating? Hindi ba't napipisa mula sa itlog ang manok? Matapos ang dalawampu't isang araw, lumalabas ang manok mula sa itlog, at ang manok na iyon kalaunan ay nangingitlog nang marami pa, at marami pang manok ang lumalabas mula sa mga itlog na iyon. Kung gayon, ang manok ba o ang itlog ang naunang dumating? Isinagot ninyo ang "manok" nang may ganap na kasiguraduhan. Subali't bakit ito ang inyong sagot? (Sinasabi ng Bibliya na nilikha ng Diyos ang mga ibon at mga hayop.) Kaya, ayon sa Bibliya ang sagot ninyo. Subali't nais Kong sabihin ninyo ang tungkol sa inyong sariling pagkaunawa, upang makita Ko kung mayroon ba kayong anumang praktikal na kaalaman sa mga pagkilos ng Diyos. Ngayon, sigurado ba kayo sa inyong sagot, o hindi? (Nilikha ng Diyos ang manok, pagkatapos ay binigyan ito ng kakayahan na magparami, na nangangahulugan ng kakayahang maglimlim ng mga itlog.) Waring tama ang paliwanag na ito. Ang manok ang unang dumating, at sumunod ang itlog. Ito ay sigurado. Hindi ito isang napakalalim na hiwaga, nguni't itinuturing itong ganoon ng mga tao sa mundo at sinusubukang lutasin ito gamit ang mga teoryang pilosopiko, nang hindi sumasapit kailanman sa isang konklusyon. Ito ay katulad lang ng kapag hindi alam ng mga tao na nilikha sila ng Diyos. Hindi nila alam ang pangunahing prinsipyong ito, ni

mayroon silang maliwanag na ideya kung ang itlog o ang manok ba ang dapat na nauna. Hindi nila alam kung alin ang dapat na nauna, kaya hindi nila kailanman nahahanap ang kasagutan. Natural lang na ang manok ang nauna. Kung ang itlog ang nauna bago ang manok, iyon ay magiging abnormal! Napakasimpleng bagay nito—siguradong naunang dumating ang manok. Hindi ito isang tanong na nangangailangan ng makabagong kaalaman. Nilikha ng Diyos ang lahat, nang may intensyon na dapat itong tamasahin ng tao. Kapag may manok na, natural na susunod ang itlog. Hindi ba ito isang nakahandang solusyon? Kung ang itlog ang unang nilikha, hindi ba kakailanganin din nito ang manok upang malimliman ito? Higit na mas madaling solusyon ang direktang paglikha ng manok. Sa ganitong paraan, makapangingitlog ang manok at malimliman ang mga sisiw sa loob, at maaaring magkaroon ang mga tao ng manok upang kainin. Kay dali! Ang paraan ng paggawa ng Diyos sa mga bagay ay maayos at malinis, at talagang hindi magulo. Saan ba nanggagaling ang itlog? Nanggagaling ito sa manok. Walang itlog kung wala ang manok. Isang bagay na may buhay ang nilikha ng Diyos! Balintuna at katawatawa ang sangkatauhan, palaging nasasalabid sa gayon kasimpleng mga bagay, at nagtatapos sa isang bungkos ng kakatwang mga kamalian. Masyadong parang bata ang tao! Ang kaugnayan sa pagitan ng itlog at ng manok ay malinaw: Naunang dumating ang manok. Ito ang pinakatumpak na paliwanag, ang pinakatumpak na paraan upang maunawaan ito, at ang pinakatumpak na sagot. Tama ito.

Ano ang mga paksang tinalakay pa lang natin? Nagsimula tayo sa pag-uusap ng tungkol sa kapaligirang pinaninirahan ng sangkatauhan at kung ano ang ginawa ng Diyos para sa kapaligirang iyon at ang mga paghahandang isinagawa Niya. Tinalakay natin kung ano ang isinaayos Niya; ang mga kaugnayan sa pagitan ng mga bagay na nilikha, na inihanda ng Diyos para sa sangkatauhan; at kung paano isinaayos ng Diyos ang mga kaugnayang ito upang maiwasang mapinsala ng mga bagay na nilikha Niya ang sangkatauhan. Pinagaan din ng Diyos ang pinsala sa kapaligiran ng sangkatauhan na maaaring idulot ng maraming iba't ibang salik ng Kanyang mga nilikha, pinahihintulutan ang lahat ng bagay na magampanan ang pinakamataas na layunin ng mga ito, at magdala sa sangkatauhan ng isang kapaki-pakinabang na kapaligiran na may kapaki-pakinabang na mga elemento, sa gayon ay tinutulungan ang sangkatauhan na makiangkop sa gayong kapaligiran at pirming ipagpatuloy ang ikot ng buhay at pagpaparami. Sunod, pinag-usapan natin ang pagkain na kailangan ng katawan ng tao—ang pang-araw-araw na pagkain at inumin ng sangkatauhan. Mahalaga rin itong kundisyon para sa kaligtasan ng buhay ng sangkatauhan. Ibig sabihin, hindi mabubuhay ang katawan ng tao sa pamamagitan lang ng paghinga, nang may sinag ng araw lang para panustos, o hangin, o angkop na mga temperatura. Kailangan din ng mga taong punan ang kanilang mga sikmura, at inihanda ng Diyos para sa sangkatauhan, nang walang nakaliligtaang anuman, ang mga pinagmumulan ng mga bagay kung saan magagawa nila iyon, yamang ang mga iyon ang pinagmumulan ng pagkain ng sangkatauhan. Kapag nakita na ang gayong kayaman at kasaganang

ani—ang mga pinagmumulan ng pagkain at inumin ng sangkatauhan—masasabi ba na ang Diyos ang pinagmumulan ng panustos para sa sangkatauhan at sa lahat ng bagay na Kanyang nilikha? Kung, sa panahon ng paglikha, nilikha lamang ng Diyos ang mga puno at damo o anumang bilang ng iba pang bagay na may buhay, at kung ang iba't ibang bagay na may buhay na ito at mga halaman ay para lamang kainin ng mga baka at mga tupa, o para sa mga sebra, mga usa, at iba't iba pang uri ng mga hayop, halimbawa, kinakain ng mga leon ang mga bagay gaya ng mga sebra at mga usa, at kinakain ng mga tigre ang mga bagay gaya ng mga tupa at mga baboy—nguni't wala kahit isang bagay na angkop upang kainin ng tao, uubra kaya iyon? Hindi ito uubra. Hindi sana mabubuhay nang matagal ang sangkatauhan. Ano kaya kung kumain lamang ng mga dahon ang mga tao? Uubra kaya iyon? Makakain ba ng mga tao ang damo na para sa mga tupa? Maaaring hindi ito makasakit kung subukan nilang kumain nang kaunti, subali't kung kumain sila ng gayong mga bagay sa loob ng mahabang panahon, hindi ito matitiis ng kanilang mga tiyan, at hindi mabubuhay nang matagal ang mga tao. May mga bagay pa nga na maaaring kainin ng mga hayop nguni't nakalalason sa mga tao—kinakain ng mga hayop ang mga ito nang walang kapinsalaan, nguni't hindi ito ganoon para sa mga tao. Ibig sabihin nito ay nilikha ng Diyos ang mga tao, kaya alam ng Diyos ang pinakamabuting mga prinsipyo at istraktura ng katawan ng tao at kung ano ang kailangan ng mga tao. Alam ng Diyos nang may sakdal na kalinawan ang komposisyon at nilalaman ng katawan, ang mga pangangailangan nito, at ang paggana ng mga lamang-loob nito, at kung paano sinisipsip, inaalis, at pinoproseso ng mga ito ang iba't ibang substansiya. Hindi ito alam ng mga tao; minsan, kumakain sila nang walang pag-iingat, o nakikibahagi sa pagpapabaya sa sarili, nagdudulot ng kawalang-balanse ang labis na mga ito. Kung kainin mo at tamasahin ang mga bagay na inihanda ng Diyos para sa iyo sa normal na paraan, hindi ka magkakaroon ng mga problema sa kalusugan. Kahit na makaranas ka paminsan-minsan ng masasamang pakiramdam at may di-pagdaloy ng dugo, hindi ito nagiging problema talaga. Kailangan mo lang kumain ng isang partikular na uri ng halaman, at ang di-pagdaloy ay mawawala. Nagsagawa na ang Diyos ng mga paghahanda para sa lahat ng bagay na ito. Kaya, sa mga mata ng Diyos, lubhang napakataas ng sangkatauhan sa anumang ibang bagay na may buhay. Naghanda ang Diyos ng kapaligiran para sa bawa't uri ng halaman, at naghanda Siya ng pagkain at kapaligiran para sa bawa't uri ng hayop, nguni't ang sangkatauhan ang may pinakamahigpit na mga pangangailangan sa kapaligiran nito, at hindi maaaring makaligtaan kahit na bahagya ang mga pangangailangang iyon; kung hindi, hindi makapagpapatuloy ang sangkatauhan na umunlad at mamuhay at magparami nang normal. Ang Diyos ang pinaka-nakaaalam nito, sa Kanyang puso. Nang ginawa ito ng Diyos, mas pinahalagahan Niya ang mga ito kaysa sa anumang bagay. Marahil ay hindi mo nararamdaman ang kahalagahan ng ilang pangkaraniwang bagay na nakikita at tinatamasa mo sa iyong buhay, o isang bagay na nakikita at tinatamasa mo na taglay mo na mula pa nang isilang, nguni't matagal na o lihim nang nagsagawa ng

mga paghahanda ang Diyos para sa iyo. Sa pinakamalawak na posibleng saklaw, inalis at pinagaan na ng Diyos ang lahat ng negatibong elemento na hindi kanais-nais sa sangkatauhan at maaaring makapinsala sa katawan ng tao. Ano ang ipinapakita nito? Ipinapakita ba nito ang saloobin ng Diyos tungo sa sangkatauhan nang nilikha Niya ang mga ito sa panahong ito? Ano ang saloobing iyon? Maingat at taimtim ang saloobin ng Diyos, at wala itong pinalampas na panghihimasok ng anumang puwersa ng kaaway o panlabas na mga salik o mga kundisyong hindi ayon sa Kanya. Makikita rito ang saloobin ng Diyos sa paglikha at pamamahala sa sangkatauhan sa panahong ito. At ano ang saloobin ng Diyos? Sa pamamagitan ng kapaligiran para sa kaligtasan ng buhay at ng buhay na tinatamasa ng sangkatauhan, pati na rin sa kanilang pang-araw-araw na pagkain at inumin at pang-araw-araw na mga pangangailangan, makikita natin ang saloobin ng pananagutan ng Diyos tungo sa sangkatauhan, na Kanyang pinanghawakan na mula noong nilikha Niya ang tao, pati na rin ang Kanyang determinasyon na iligtas ang sangkatauhan sa panahong ito. Nakikita ba ang pagiging-totoo ng Diyos sa mga bagay na ito? Ang pagiging-kamangha-mangha Niya? Ang pagiging-di-maarok Niya? Ang walang hanggang kapangyarihan Niya? Ginagamit ng Diyos ang Kanyang marunong at makapangyarihang mga paraan upang tustusan ang buong sangkatauhan, pati na rin ang lahat ng bagay na Kanyang nilikha. Ngayong napakarami Ko nang nasabi, masasabi ba ninyo na ang Diyos ang pinagmumulan ng buhay para sa lahat ng bagay? (Oo.) Siguradong ganoon nga. Mayroon bang anumang pagdududa? (Wala.) Sapat na ang pagtustos ng Diyos sa lahat ng bagay upang ipakita na Siya ang pinagmumulan ng buhay para sa lahat ng bagay, sapagka't Siya ang pinagmumulan ng pagtustos na nagbigay ng kakayahan sa lahat ng bagay na umiral, mamuhay, magpakarami, at magpatuloy, at walang ibang pinagmumulan maliban sa Diyos Mismo. Tinutustusan ng Diyos ang lahat ng pangangailangan ng lahat ng bagay at lahat ng pangangailangan ng sangkatauhan, kahit pa ang pinakasaligang mga pangangailangang ukol sa kapaligiran ng mga taong iyon, ang mga pangangailangan ng kanilang pang-araw-araw na mga buhay, o ang pangangailangan para sa katotohanang ibinibigay Niya sa mga espiritu ng mga tao. Sa lahat ng paraan, ang pagkakakilanlan ng Diyos at ang Kanyang katayuan ay napakahalaga sa sangkatauhan; tanging Diyos Mismo ang pinagmumulan ng buhay para sa lahat ng bagay. Ibig sabihin, ang Diyos ang Pinuno, ang Panginoon, at ang Tagapagtustos ng mundong ito, ang mundong ito na nakikita at nararamdaman ng mga tao. Para sa sangkatauhan, hindi ba ito ang pagkakakilanlan ng Diyos? Walang anumang kasinungalingan dito. Kaya kapag nakakita ka ng mga ibong lumilipad sa langit, dapat mong malaman na nilikha ng Diyos ang lahat ng kayang lumipad. May mga bagay na may buhay na lumalangoy sa tubig, at may sariling paraan upang mabuhay ang mga ito. Ang mga puno at halaman na nanirahan sa lupa ay umuusbong at sumisibol sa tagsibol at namumunga at nalalagasan ng mga dahon sa taglagas, at pagsapit ng taglamig ay nalaglag na ang lahat ng mga dahon habang naghahanda ang mga halamang iyon na mapagtagumpayan ang taglamig. Iyon ang paraan ng mga ito

upang mabuhay. Nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay, at namumuhay ang bawa't isa sa magkakaibang anyo at magkakaibang paraan at gumagamit ng magkakaibang pamamaraan upang ipakita ang puwersa ng buhay nito at ang anyo kung saan ito naninirahan. Paano man namumuhay ang mga bagay-bagay, nasa ilalim ng pamamahala ng Diyos ang lahat ng ito. Ano ang layon ng pamumuno ng Diyos sa lahat ng magkakaibang anyo ng buhay at nabubuhay na mga nilalang? Alang-alang ba ito sa kaligtasan ng buhay ng sangkatauhan? Kinokontrol Niya ang lahat ng batas ng buhay, lahat ay alang-alang sa kaligtasan ng buhay ng sangkatauhan. Ipinapakita lamang nito kung gaano kahalaga para sa Diyos ang kaligtasan ng buhay ng sangkatauhan.

Ang kakayahan ng sangkatauhang mabuhay at magparami nang normal ay napakahalaga sa Diyos. Kaya, patuloy na nagtutustos ang Diyos sa sangkatauhan at sa lahat ng bagay na Kanyang nilikha. Nagtutustos Siya sa lahat ng bagay sa iba't ibang paraan, at sa pagpapanatili ng kaligtasan ng buhay ng lahat ng bagay, tinutulungan Niya ang sangkatauhan na patuloy na sumulong, pinananatili ang normal na kaligtasan ng buhay ng sangkatauhan. Ito ang dalawang aspeto ng ating pagbabahagi ngayon. Ano ang dalawang aspetong ito? (Mula sa malawak na pananaw, nilikha ng Diyos ang kapaligirang pinaninirahan ng sangkatauhan. Iyon ang unang aspeto. Inihanda rin ng Diyos ang materyal na mga bagay na kailangan ng sangkatauhan at kayang makita at mahawakan.) Nagbahagi na tayo sa ating pangunahing paksa sa pamamagitan ng dalawang aspetong ito. Ano ang ating pangunahing paksa? (Ang Diyos ang Pinagmumulan ng Buhay para sa Lahat ng Bagay.) Dapat ay mayroon na ngayong kaunting pagkaunawa kung bakit may gayong mga nilalaman ang Aking pagbabahagi sa paksang ito. Mayroon na bang naging pagtalakay na hindi kaugnay ng pangunahing paksa? Wala ni isa man! Marahil, pagkatapos marinig ang mga bagay na ito, nagkamit na ang ilan sa inyo ng kaunting pagkaunawa at nararamdaman ngayon na may timbang ang mga salitang ito, na napakahalaga ng mga ito, nguni't ang iba ay maaaring mayroon lamang kaunting literal na pagkaunawa at nararamdaman na di-mahalaga ang mga salitang ito mismo. Ano man ang inyong pagkaunawa rito sa sandaling ito, kapag sumapit na sa isang partikular na araw ang inyong karanasan, kapag umaabot na sa isang partikular na punto ang inyong pagkaunawa, ibig sabihin, kapag umaabot na sa isang partikular na antas ang inyong kaalaman sa mga pagkilos ng Diyos at sa Diyos Mismo, gagamitin ninyo ang inyong sariling mga salita, na praktikal, upang maghatid ng isang napakalalim at tunay na patotoo sa mga pagkilos ng Diyos.

Sa palagay Ko ay napakababaw pa rin at literal ang inyong kasalukuyang pagkaunawa, nguni't matapos marinig ang dalawang aspetong ito ng Aking pagbabahagi, makikilala man lang ba ninyo kung anong mga pamamaraan ang ginamit ng Diyos upang tustusan ang sangkatauhan o ano ang mga bagay na ibinibigay ng Diyos sa sangkatauhan? Mayroon ba kayong saligang konsepto, saligang pagkaunawa? (Oo.) Subali't nauugnay ba sa Bibliya ang dalawang aspetong Aking ibinahagi? Nauugnay ba ang mga ito sa paghatol at pagkastigo ng Diyos sa Kapanahunan ng Kaharian? (Hindi.) Bakit Ko

ibinahagi ang mga ito kung gayon? Ito ba ay dahil kailangang maunawaan ng mga tao ang mga ito upang makilala ang Diyos? (Oo.) Napakahalaga na malaman ang mga bagay na ito at napakahalaga ring maunawaan ang mga ito. Habang sinisikap na maunawaan ang Diyos sa Kanyang kabuuan, huwag limitahan ang sarili sa Bibliya, at huwag limitahan ang sarili sa paghatol at pagkastigo ng Diyos sa tao. Ano ang layon Ko sa pagsasabi nito? Ito ay upang ipaalam sa mga tao na ang Diyos ay hindi lamang ang Diyos ng Kanyang hinirang na mga tao. Kasalukuyan mong sinusunod ang Diyos, at Siya ang iyong Diyos, nguni't Siya rin ba ang Diyos ng mga taong hindi sumusunod sa Kanya? Ang Diyos ba ang Diyos ng lahat ng taong hindi sumusunod sa Kanya? Ang Diyos ba ang Diyos ng lahat ng bagay? (Oo.) Kung gayon ba'y limitado ang saklaw ng gawain at mga pagkilos ng Diyos sa mga sumusunod lang sa Kanya? (Hindi.) Ano ang saklaw ng Kanyang gawain at mga pagkilos? Sa pinakamaliit na antas, napapaloob sa saklaw ng Kanyang gawain at mga pagkilos ang buong sangkatauhan at lahat ng bagay na nilikha. Sa pinakamataas na antas, napapaloob dito ang buong sansinukob, na hindi kayang makita ng mga tao. Kaya, maaari nating sabihin na ginagawa ng Diyos ang Kanyang gawain at ipinamamalas ang Kanyang mga pagkilos sa buong sangkatauhan, at sapat na ito upang tulutang makilala ng mga tao ang Diyos Mismo sa Kanyang kabuuan. Kung gusto mong makilala ang Diyos, upang tunay na makilala Siya, upang tunay na maunawaan Siya, huwag limitahan ang sarili sa tatlong yugto ng gawain ng Diyos, o sa mga kuwento ng gawaing ipinamalas Niya sa nakalipas. Kung iyong subukang makilala Siya sa ganoong paraan, naglalagak ka ng mga limitasyon sa Diyos, at ikinukulong Siya. Nakikita mo ang Diyos bilang isang bagay na napakaliit. Paano nakaaapekto sa mga tao ang paggawa nito? Hindi mo kailanman makikilala ang pagiging-kahanga-hanga at pagiging-kataas-taasan ng Diyos, ni ang Kanyang lakas at walang hanggang kapangyarihan at ang saklaw ng Kanyang awtoridad. Makaaapekto ang gayong pagkaunawa sa iyong kakayahang tanggapin ang katotohanan na ang Diyos ang Pinuno ng lahat ng bagay, pati na rin ang iyong kaalaman ng tunay na pagkakakilanlan at katayuan ng Diyos. Sa madaling salita, kung limitado ang saklaw ng iyong pagkaunawa sa Diyos, limitado rin ang iyong matatanggap. Ito ang dahilan kung bakit dapat mong palawakin ang iyong saklaw at palawakin ang iyong abot-tanaw. Dapat mong sikaping maunawaan ang lahat ng ito—ang saklaw ng gawain ng Diyos, ang Kanyang pamamahala, ang Kanyang pamumuno, at lahat ng bagay na pinamamahalaan at pinamumunuan Niya. Mauunawaan mo ang mga pagkilos ng Diyos sa pamamagitan ng mga bagay na ito. Sa gayong pagkaunawa, mararamdaman mo, nang di-namamalayan, na namumuno, namamahala, at nagtutustos ang Diyos sa lahat ng bagay na kabilang sa mga ito, at tunay mo ring mararamdaman na ikaw ay isang bahagi at isang miyembro ng lahat ng bagay. Habang nagtutustos ang Diyos sa lahat ng bagay, tinatanggap mo rin ang pamumuno at pagtutustos ng Diyos. Ito ay isang katotohanan na walang sinuman ang makapagkakaila. Lahat ng bagay ay sumasailalim sa sarili nitong mga batas na nasa ilalim ng pamumuno ng Diyos, at sa ilalim ng pamumuno ng Diyos, ang lahat ng bagay

ay may sariling tuntunin upang mabuhay. Nabubuklod din ng pamumuno at pagtutustos ng Diyos ang kapalaran at mga pangangailangan ng sangkatauhan. Kaya naman, sa ilalim ng kapamahalaan at pamumuno ng Diyos, ang sangkatauhan at ang lahat ng bagay ay magkakaugnay, umaasa sa isa't isa, at magkakabahagi. Ito ang layon at kahalagahan ng paglikha ng Diyos sa lahat ng bagay.

Pebrero 2, 2014

Ang Diyos Mismo, ang Natatangi IX

Ang Diyos ang Pinagmumulan ng Buhay Para sa Lahat ng Bagay (III)

Sa loob ng panahong ito, napag-usapan natin ang tungkol sa maraming bagay na may kinalaman sa pagkilala sa Diyos at kailan lang ay napag-usapan natin ang tungkol sa isang napakahalagang paksa na may kaugnayan dito. Ano ang paksang ito? (Ang Diyos ang Pinagmumulan ng Buhay para sa Lahat ng Bagay.) Tila ang mga puntoat ang paksang Aking sinabi ay malinaw na tumatak sa bawat isa. Noong huli napag-usapan natin ang tungkol sa ilang aspeto ng kapaligiran para sa pagpapatuloy ng buhay na nilikha ng Diyos para sa sangkatauhan, gayundin ang paghahanda ng Diyos ng maraminguri ng panustos na kailangan ng mga tao upang sila ay mabuhay. Sa katunayan, ang ginagawa ng Diyos ay hindi lamang ang ihanda ang isang kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay ng mga tao at hindi lamang ang ihanda ang kanilang pang-araw-araw na panustos. Sa halip, ito ay binubuo ng napakaraming misteryoso at kinakailangang gawain na kinasasangkutan ng maraming katangian at aspeto para sa patuloy na pamumuhay ng mga tao at para sa buhay ng sangkatauhan. Ang lahat ng ito ay mga gawa ng Diyos. Ang mga gawa na ito ng Diyos ay hindi lamang limitado sa Kanyang paghahanda ng isang kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay ng mga tao at sa kanilang pang-araw-araw na panustos—mayroon silang mas malawak na saklaw kaysa rito. Bukod sa dalawang uri ng gawaing ito, naghahanda rin Siya ng maraming kapaligiran at kundisyon para sa kaligtasan ng buhay na mahalaga para sa ikabubuhay ng tao. Ito ang isa pang paksa na ating tatalakayin sa araw na ito. Ito ay may kinalaman din sa mga gawa ng Diyos; kung hindi, ang pag-usapan ito ngayon dito ay mawawalan ng kabuluhan. Kung gusto ng mga tao na makilala ang Diyos ngunit mayroon lamang silang isang literal na pagkaunawa sa “Diyos,” bilang isang salita, o kaya ay iba’t ibang aspeto ng kung ano ang mayroon at kung ano ang Diyos, iyon ay hindi tunay na pagkaunawa. Kaya ano ang landas sa pagkilala sa Diyos? Ito ang pagkilala sa Kanya sa pamamagitan ng Kanyang mga gawa, at pagkilala sa Kanya sa lahat ng mga aspeto ukol sa Kanya. Kaya, kailangang magkaroon tayo ng mas marami pang pagbabahagi tungkol sa mga gawa ng Diyos nang Kanyang likhain ang lahat ng bagay.

Simula noong likhain ng Diyos ang lahat ng bagay, ang mga ito ay kumikilos at nagpapatuloy na sumulong nang maayos alinsunod sa mga batas na itinakda ng Diyos. Sa ilalim ng Kanyang pagmamatyag, sa ilalim ng Kanyang pamamahala, nanatiling buhay ang sangkatauhan kasabay ng pag-unlad ng lahat ng bagay sa isang maayos na pamamaraan. Walang anumang bagay ang makababago o makasisira ng mga batas na ito. Ang pamamahala ng Diyos ang dahilan kung bakit maaaring magparami ang lahat ng nilalang, at dahil sa Kanyang pangangasiwa at pamamahala, ang lahat ng nilalang ay maaaring mabuhay. Ito ay upang sabihin na sa ilalim ng pamamahala ng Diyos, ang lahat ng nilalang ay nagsisiiral, umuunlad, naglalaho, at muling isinisilang sa

maayos na paraan. Kapag dumarating ang tagsibol, dinadala ng pag-ambon ng ulan ang pakiramdam ng sariwang panahon at binabasa ang lupa. Ang lupa ay nagsisimulang lumambot, at ang damo ay unti-unting tumutubo sa lupa at nagsisimulang umusbong, habang ang mga puno ay unti-unting nagiging luntian. Ang lahat ng nabubuhay na bagay na ito ay nagdadala ng sariwang sigla sa lupa. Ito ang nakikita kapag lahat ng nilalang ay nagsisiiral at nagsisiunlad. Ang lahat ng uri ng hayop ay lumalabas mula sa kanilang mga lungga upang damhin ang init ng tagsibol at simulan ang isang bagong taon. Ang lahat ng nilalang ay nagbibilad sa init sa panahon ng tag-araw at ikinagagalak ang init na dulot ng panahon. Mabilis silang lumalaki. Ang mga puno, damo, at lahat ng uri ng halaman ay napakabilis na lumalago, hanggang sa ang mga ito ay mamukadkad at mamunga. Ang lahat ng nilalang ay abala sa panahon ng tag-araw, pati na ang mga tao. Sa taglagas, dinadala ng mga ulan ang lamig ng taglagas, at lahat ng uri ng nabubuhay na nilalang ay unti-unting nakakaramdam sa pagdating ng panahon ng anihan. Ang lahat ng nilalang ay namumunga, at nagsisimulang umani ang mga tao ng iba't ibang uri ng mga prutas upang magkaroon ng pagkain bilang paghahanda sa taglamig. Sa taglamig, ang lahat ng nilalang ay unti-unting nagsisimulang tumahimik dahil sa katiwasayan at kapahingahan habang paparating ang malamig na panahon, at ang mga tao ay nagpapahinga rin sa panahong ito. Sa mga pagbabago ng panahon, mula sa tagsibol papuntang tag-araw hanggang sa taglagas at hanggang sa taglamig—ang mga pagbabagong ito ay nagaganap lahat alinsunod sa mga batas na itinatag ng Diyos. Pinangungunahan Niya ang lahat ng bagay at ang sangkatauhan gamit ang mga batas na ito at nakapagtakda Siya para sa sangkatauhan ng isang masagana at makulay na paraan ng pamumuhay, naghahanda ng isang kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay na mayroong iba't ibang temperatura at iba't ibang panahon. Kaya, sa ilalim ng maayos na mga kapaligirang ito para sa patuloy na pamumuhay, ang mga tao ay maaaring mamuhay at makapagparami sa maayos na paraan. Hindi kayang baguhin ng mga tao ang mga batas na ito at walang sinuman at anuman ang makasisira sa mga ito. Bagama't napakaraming pagbabagong nangyari—naging dagat ang mga parang, habang ang mga parang ay naging mga dagat—ang mga batas na ito ay patuloy sa pagiral. Umiiral ang mga ito dahil ang Diyos ay umiiral, at dahil sa Kanyang pamumuno at pamamahala. Sa ganitong uri ng maayos, mas malawak na kapaligiran, ang buhay ng mga tao ay makapagpatuloy sa loob ng mga batas at mga patakarang ito. Ang magkakasunod na mga salinlahi ng mga tao ay nalinang sa ilalim ng mga batas na ito, at ang magkakasunod na salinlahi ng mga tao ay nabuhay sa loob din ng mga batas na ito. Tinatamasa ng mga tao ang maayos na kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay na ito pati na ang lahat ng maraming bagay na nilikha ng Diyos sa magkakasunod na salinlahi. Kahit na nararamdaman ng mga tao na ang ganitong uri ng mga batas ay likas, at buong paghamak silang hindi pinahahalagahan, at kahit na hindi nila nararamdaman na ang Diyos ang nagsasaayos sa mga batas na ito, na pinamamahalaan ng Diyos ang mga batas na ito, kahit ano pa man, ang Diyos ay palaging sangkot sa hindi

nagbabagong gawain na ito. Ang Kanyang layunin sa hindi nagbabagong gawain na ito ay ang panatilihin buhay ang sangkatauhan, upang makapagpatuloy ang sangkatauhan sa pamumuhay.

Ang Diyos ay Nagtatakda ng mga Hangganan Para sa Lahat ng Bagay Upang Alagaan ang Lahat ng Sangkatauhan

Tatalakayin Ko sa araw na ito ang paksa kung papaanong ang ganitong uri ng mga batas na dinala ng Diyos sa lahat ng bagay ay nangangalaga sa buong sangkatauhan. Ito ay medyo isang malaking paksa, kaya maaari natin itong hatiin sa ilang bahagi at isa-isa nating talakayin upang malinaw na mailarawan ang mga ito sa inyo. Sa ganitong paraan ito ay mas madali ninyong makukuha at unti-unti ninyo itong maiintindihan.

Unang Bahagi: Nagtatakda ang Diyos ng mga Hangganan Para sa Bawat Uri ng Kalupaan

Simulan natin sa unang bahagi. Nang likhain ng Diyos ang lahat ng bagay, nagtakda Siya ng mga hangganan para sa mga bundok, kapatagan, disyerto, burol, ilog, at lawa. Sa lupa ay may mga bundok, kapatagan, disyerto, at burol, gayundin ang iba't ibang anyo ng tubig. Hindi ba iba't ibang kalupaan ang mga ito? Ang Diyos ay nagtakda ng mga hangganan sa pagitan ng mga ito. Kapag binabanggit natin ang pagtatakda ng mga hangganan, nangangahulugan ito na ang mga bundok ay may mga balangkas, ang mga kapatagan ay may kani-kanilang mga balangkas, ang mga disyerto ay may ilang mga limitasyon, at ang mga burol ay may isang tiyak na lugar. Mayroon ding tiyak na dami ang mga anyong tubig gaya ng mga ilog at mga lawa. Iyon ay, nang likhain ng Diyos ang lahat ng bagay, hinati-hati Niya ang lahat nang buong linaw. Itinakda na ng Diyos kung ilang kilometro ang dapat na radyos ng anumang bundok at kung ano ang saklaw nito. Itinakda na rin Niya kung ilang kilometro ang dapat na radyos ng isang kapatagan at kung ano ang saklaw nito. Sa paglikha ng lahat ng bagay, itinakda rin Niya ang saklaw ng mga disyerto gayundin ang saklaw ng mga burol at ang mga bahagi nito, at kung ano ang magiging batayang hangganan nito—Siya rin ang nagtakda ng lahat ng ito. Itinakda Niya ang saklaw ng mga ilog at mga lawa noong nililikha Niya ang mga ito—lahat ng ito ay may mga hangganan. Kaya ano ang ibig sabihin kapag sinabi natin ang “mga hangganan”? Napag-usapan pa lang natin kung paano namamahala ang Diyos sa lahat ng bagay sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga batas para sa lahat ng bagay. Halimbawa, ang saklaw at hangganan ng mga bundok ay hindi lalawig o mababawasan dahil sa pag-ikot ng mundo o sa paglipas ng panahon. Ang mga ito ay nakapirmi, hindi magbabago, at ang Diyos ang nagtakda ng pagiging hindi nababago ng mga ito. Tungkol naman sa lugar ng mga kapatagan, kung ano ang saklaw nito, kung ano ang batayang hangganan nito—ito ay itinakda na ng Diyos. Mayroong mga hangganan ang mga ito, at dahil dito, ang isang umbok ng lupa ay hindi basta-basta na lamang lilitaw sa gitna ng isang kapatagan. Ang isang kapatagan ay hindi magiging bundok nang isang iglap—ito

ay hindi magiging posible. Ang mga batas at mga hangganan na katatalakay pa lamang natin ay tumutukoy dito. Tungkol naman sa disyerto, hindi natin babanggitin dito ang mga partikular na tungkuling ginagampanan ng disyerto o alinmang kalupaan o heograpikal na lokasyon, kundi ang mga hangganan lamang ng mga ito. Sa ilalim ng pamamahala ng Diyos, ang saklaw ng disyerto ay hindi rin lalawig. Ito ay dahil sa binigyan na ito ng Diyos ng kanya-kanyang batas, ng kanya-kanyang mga hangganan. Kung gaano kalaki ang sukat nito at kung ano ang papel nito, kung ano ang batayang hangganan nito, at kung saan ito matatagpuan—ito ay itinakda na ng Diyos. Hindi ito lalampas sa saklaw nito o kaya ay lilipat ng posisyon, at hindi basta lalawak ang sukat nito. Bagaman ang mga pagdaloy ng mga tubig gaya ng mga ilog at mga lawa ay nasa ayos nang lahat at nagpapatuloy, hindi lumabas ang mga ito kailanman sa saklaw nito o lumabas sa mga hangganan nito. Lahat ng ito ay dumadaloy sa isang direksyon, sa direksyon na dapat nitong daluyan nang maayos. Kaya sa ilalim ng mga batas ng pamamahala ng Diyos, walang ilog o lawa ang basta na lang matutuyo, o basta na lang magbabago ng direksyon o dami ng pagdaloy nito sanhi ng pag-ikot ng mundo o paglipas ng panahon. Ang lahat ng ito ay nakapaloob sa pamamahala ng Diyos. Ibig sabihin, lahat ng bagay na nilikha ng Diyos sa gitna ng sangkatauhan ay may itinakdang mga lugar, mga sukat, at mga saklaw. Ibig sabihin, nang likhain ng Diyos ang lahat ng bagay, ang mga hangganan nito ay naitakda na, at ang mga ito ay hindi basta na lang maiiba, magpapanibago, o mapapalitan. Ano ang ibig sabihin ng “basta na lang”? Nangangahulugan ito na hindi biglaang lilipat ang mga ito, lalawig, o magbabago ng likas na anyo nito dahil sa panahon, temperatura, o sa bilis ng pag-ikot ng mundo. Halimbawa, ang isang bundok ay may tiyak na taas, ang pundasyon nito ay may tiyak na sukat, mayroon itong tiyak na kataasan, at mayroon itong tiyak na dami ng mga halaman. Ang lahat ng ito ay pinlano at kinalkula ng Diyos at hindi ito basta na lang babaguhin. Tungkol naman sa mga kapatagan, ang karamihan ng mga tao ay naninirahan sa mga kapatagan, at walang mga pagpapalit sa klima ang makaaapekto sa mga sukat ng mga ito o sa kahalagahan ng pag-iral ng mga ito. Kahit pa ang nakapaloob sa iba’t ibang kalupaan na ito o ang mga heograpikal na kapaligiran na nilikha ng Diyos ay hindi basta na lang mababago. Halimbawa, kung ano ang mga bahagi ng disyerto, kung ano ang nakadepositong mga mineral sa ilalim ng lupa, kung gaano karaming buhangin ang mayroon ito at ang kulay ng buhangin, ang kapal ng disyerto—ang mga ito ay hindi basta na lang magbabago. Bakit ba hindi sila basta na lang magbabago? Ito ay dahil sa pamumuno ng Diyos at sa Kanyang pamamahala. Sa loob ng iba’t ibang kalupaang ito at heograpikal na mga kapaligiran na nilikha ng Diyos, pinamamahalaan Niya ang lahat ng bagay sa planado at maayos na paraan. Kaya lahat ng heograpikal na mga kapaligirang ito ay umiiral pa rin at ginagampanan ang kanilang itinakdang layunin matapos ang ilang libong taon, maging sampu-sampung libong taon simula nang likhain sila ng Diyos. Bagama’t may ilang pagkakataon na pumuputok ang mga bulkan, at ilang pagkakataon na nangyayari ang paglindol, at mayroong mga malakihang paggalaw ng lupa, tiyak na

hindi hahayaan ng Diyos ang anumang uri ng kalupaan na mawala ang kaukulang layunin nito. Ito ay dahil lamang sa pamamahala ng Diyos, sa Kanyang pamamahala at kontrol sa mga batas na ito, na ang lahat ng ito—lahat ng ito na nakikita at tinatamasa ng sangkatauhan—ay mabubuhay sa lupa sa maayos na paraan. Kaya bakit pinamahalaan ng Diyos ang lahat ng iba't ibang kalupaan na ito na umiiral sa lupa sa ganitong paraan? Ang Kanyang layunin ay upang ang mga bagay na nabubuhay sa iba't ibang heograpikal na kapaligiran ay magkakaroon lahat ng matatag na kapaligiran, at upang patuloy silang mabuhay at makapagparami sa gayong matatag na kapaligiran. Ang lahat ng bagay na ito—ang mga nagsisikilos at ang mga hindi nagsisikilos, ang mga humihinga sa pamamagitan ng mga butas ng kanilang ilong at ang mga hindi—ay nakabubuo ng isang natatanging kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay ng sangkatauhan. Ang ganitong uri ng kapaligiran lamang ang makapag-aalaga ng magkakasunod na salinlahi ng mga tao, at ang ganitong uri lamang ng kapaligiran ang makapagpapahintulot sa mga tao na patuloy na payapang mamuhay, mula sa isang salinlahi hanggang sa susunod na salinlahi.

Ang katatalakay Ko lamang ay masasabing isang medyo malawak na paksa, kaya marahil ay mukhang hindi ito nangyayari sa buhay ninyo, ngunit nagtitiwala Ako na maunawaan ninyo itong lahat. Iyon ay, ang mga batas ng Diyos sa Kanyang kapamahalaan sa lahat ng bagay ay totoong mahalaga—napakahalaga talaga! Ano ang paunang kinakailangan sa paglago ng lahat ng nilalang na nasa ilalim ng mga batas na ito? Ito ay dahil sa pamamahala ng Diyos. Dahil sa Kanyang pamamahala kaya natutupad ng lahat ng bagay ang kanilang sariling mga tungkulin sa loob ng Kanyang pamamahala. Halimbawa, pinangangalagaan ng mga bundok ang mga kagubatan at bilang ganti ay pinapakain at pinoprotektahan naman ng mga kagubatan ang iba't ibang ibon at hayop na naninirahan sa mga ito. Ang mga kapatagan ay isang lugar na inihanda para sa mga tao upang taniman ng mga halamang nakakain gayundin para sa iba't ibang ibon at hayop. Pinahihintulutan ng mga ito ang karamihan sa sangkatauhan na manirahan sa patag na lupa at magkaloob ng kaginhawahan sa buhay ng mga tao. At nabibilang din ang mga damuhan sa mga kapatagan—malalaking sukat ng damuhan. Ang mga damuhan ay nagiging mga halamang pantakip sa kalupaan ng mundo. Pinoprotektahan ng mga ito ang lupa at inaalagaan ang mga baka, mga tupa at mga kabayo na naninirahan sa mga damuhan. Tinutupad din ng disyerto ang tungkulin nito. Ito ay hindi lugar para tirhan ng mga tao; ang papel nito ay gawing mas tuyo ang mahalumigmig na mga klima. Ang mga pag-agos ng mga ilog at lawa ay nagdadala ng maiinom na tubig sa mga tao sa maginhawang paraan. Saan man dumaloy ang mga ito, ang mga tao ay may tubig na maiinom, at maginhawang natutugunan ang mga pangangailangan sa tubig ng lahat ng bagay. Ito ang mga hangganan na iginuhit ng Diyos para sa iba't ibang kalupaan.

Ikalawang Bahagi: Nagtatakda ang Diyos ng mga Hangganan Para sa Bawat Nilalang na May-Buhay

Dahil sa mga hanggananang ito na iginuhit ng Diyos, ang iba't ibang kalupaan ay nakagawa ng sari-saring kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay, at ang mga kapaligirang ito para sa patuloy na pamumuhay ay naging maginhawa para sa iba't ibang uri ng ibon at hayop at nakapagbigay rin sa mga ito ng espasyo para sa patuloy na pamumuhay. Mula rito, ang mga hangganan sa mga kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay ng iba't ibang nabubuhay na bagay ay umunlad. Ito ang pangalawang bahagi na ating susunod na pag-uusapan. Una, saan nakatira ang mga ibon at mga hayop at mga insekto? Nakatira ba ang mga ito sa mga gubat at kakahuyan? Ang mga ito ang kanilang tahanan. Kaya, maliban sa pagtatatag ng mga hangganan para sa iba't ibang heograpikal na kapaligiran, gumawa rin ang Diyos ng mga hangganan at nagtatag ng mga batas para sa iba't ibang mga ibon at hayop, isda, insekto, at lahat ng halaman. Dahil sa pagkakaiba sa pagitan ng iba't bang heograpikal na kapaligiran at dahil sa pag-iral ng iba't ibang heograpikal na kapaligiran, ang iba't ibang uri ng mga ibon at hayop, isda, insekto, at halaman ay may iba't ibang mga kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay. Ang mga ibon at ang mga hayop at ang mga insekto ay namumuhay kasama ng iba't ibang halaman, ang isda ay naninirahan sa tubig, at ang mga halaman ay tumutubo sa lupa. Kabilang sa lupa ang iba't ibang lugar kagaya ng mga bundok, mga kapatagan, at mga burol. Kapag ang mga ibon at hayop ay mayroon nang tiyak na mga tahanan, hindi na sila magsisigala kung saan-saan. Ang mga tahanan ng mga ito ay ang mga kagubatan at ang mga bundok. Kung ang mga tahanan ng mga ito ay masira balang araw, ang kaayusang ito ay mauwi sa malaking kaguluhan. Kapag ang kaayusang iyon ay nauwi sa malaking kaguluhan, ano ang magiging mga kahihinatnan? Sino ang mga unang-unang masasaktan? Ang sangkatauhan. Sa loob ng mga batas na ito at mga hangganan na itinatag ng Diyos, nakakita na ba kayo ng anumang kakaibang mga pangyayari? Halimbawa, ang mga elepanteng naglalakad sa disyerto. Nakakita na ba kayo ng ganoon? Kung talagang nangyari ito, ito ay magiging isang sobrang kakatwang pangyayari, dahil naninirahan ang mga elepante sa kagubatan, at iyon ang kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay na inihanda sa mga ito ng Diyos. Ang mga ito ay may sariling kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay at sariling permanenteng tahanan, kaya bakit magpupunta ang mga ito kung saan-saan? Nakakita na ba ang sinuman ng mga leon o mga tigre na naglalakad sa baybay-dagat? Wala pang nakakakita nito. Ang tahanan ng mga leon at mga tigre ay ang kagubatan at ang mga kabundukan. Nakakita na ba ang sinuman ng mga balyena at mga pating mula sa karagatan na lumalangoy sa disyerto? Wala pang nakakakita nito. Ang mga balyena at mga pating ay naninirahan sa karagatan. Sa kapaligiran na tinitirahan ng mga tao, may mga tao ba na namumuhay kasama ng mga kayumangging oso? May mga tao ba na palaging pinalilibutan ng mga paboreal at iba pang mga ibon, sa loob at labas ng kanilang

mga tahanan? Nakakita na ba ang sinuman ng mga agila o mga ligaw na gansa na nakikipaglaro sa mga unggoy? (Hindi.) Ang mga ito ay magiging mga kakaibang pangyayari. Ang dahilan kung bakit Ko sinasabi ang mga bagay na ito na kakaiba sa inyong pandinig ay para ipaunawa sa inyo na lahat ng bagay na nilikha ng Diyos—nakapirmi man ang mga ito sa isang lugar o nakakahinga man sa mga butas ng ilong nito—ay may mga sariling batas para patuloy na mabuhay. Bago pa man nilikha ng Diyos ang buhay na mga nilalang na ito, nakapaghanda na Siya para sa mga ito ng sarili nilang tahanan at sariling kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay ng mga ito. Ang buhay na mga nilalang na ito ay may sariling nakapirming mga kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay, sarili nilang pagkain, sarili nilang permanenteng mga tahanan, at ang mga ito ay may sariling permanenteng mga lugar na angkop para sa patuloy na pamumuhay ng mga ito, mga lugar na may mga temperatura na angkop para sa patuloy na pamumuhay ng mga ito. Samakatuwid, hindi na makakagala ang mga ito kung saan-saan o mailalagay sa alanganin ang patuloy na pamumuhay ng sangkatauhan o makakaapekto sa buhay ng mga tao. Sa ganitong paraan pinamamahalaan ng Diyos ang lahat ng bagay, nagbibigay sa sangkatauhan ng pinakamainam na kapaligiran para patuloy na mabuhay. Bawat isa sa buhay na mga nilalang sa gitna ng lahat ng bagay ay mayroong pagkaing panustos-buhay sa loob ng sarili nitong mga kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay. Sa pamamagitan ng pagkaing iyon, ang mga ito ay napipirmi sa katutubong kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay ng mga ito. Sa gayong uri ng kapaligiran, ang mga ito ay patuloy na nabubuhay, nagpaparami, at sumusulong alinsunod sa mga batas na itinatag ng Diyos para sa mga ito. Dahil sa ganitong uri ng mga batas, dahil sa pagtatalaga ng Diyos, lahat ng bagay ay namumuhay nang mapayapa kasama ang sangkatauhan, at ang sangkatauhan ay nabubuhay nang magkakasama na umaasa sa isa't isa sa lahat ng bagay.

Ikatlong Bahagi: Tinutustusan ng Diyos ang Kapaligiran at Ekolohiya Para Pangalagaan ang Sangkatauhan

Nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay at nagtatag ng mga hangganan para sa mga ito; sa gitna ng mga ito ay inalagaan Niya ang lahat ng buhay na bagay. Samantala, Siya ay naghanda rin ng iba't ibang pamamaraan para sa patuloy na pamumuhay ng mga tao, kaya makikita mo na hindi lamang iisa ang paraan ng mga tao para mabuhay, ni hindi lamang iisang uri ng kapaligiran ang mayroon sila para sa patuloy na pamumuhay. Napag-usapan natin noong una ang tungkol sa paghahanda ng Diyos ng iba't ibang uri ng pinagkukunan ng pagkain at tubig para sa mga tao, na napakahalaga para tulutan na makapagpatuloy ang buhay sa laman ng sangkatauhan. Gayunman, sa gitna ng sangkatauhang ito, hindi lahat ng tao ay nabubuhay sa mga butil. Ang mga tao ay may iba't ibang pamamaraan para patuloy na mabuhay dala ng mga pagkakaiba sa mga heograpikal na kapaligiran at mga kalupaan. Ang mga pamamaraang ito para sa patuloy na pamumuhay ay inihandang lahat ng Diyos. Kaya hindi lahat ng tao ay pangunahing

nakatuon sa pagsasaka. Iyon ay, hindi lahat ng mga tao ay nakukuha ang kanilang pagkain sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga halamang nakakain. Ito ang ikatlong bahagi na ating pag-uusapan: Nagkaroon ng mga hangganan dahil sa iba't ibang paraan ng pamumuhay ng sangkatauhan. Kaya ano ang iba pang mga uri ng paraan ng pamumuhay mayroon ang mga tao? Pagdating sa iba't ibang pinagkukunan ng pagkain, ano ang iba pang uri ng mga tao? May ilang pangunahing uri.

Ang una ay ang paraan ng pamumuhay sa pamamagitan ng pangangaso. Alam ng lahat kung ano ito. Ano ang kinakain ng mga taong nabubuhay sa pangangaso? (Hinuhuling hayop.) Kinakain nila ang mga ibon at mga hayop mula sa kagubatan. Ang “Hinuhuling Hayop” ay isang makabagong salita. Hindi ito itinuturing na hinuhuling hayop ng mga mangangaso; itinuturing nila itong pagkain, bilang kanilang pang-araw-araw na panustos. Halimbawa, nakahuli sila ng usa. Nang mahuli nila ang usang ito, para lamang itong isang magsasaka na kumukuha ng mga pagkain mula sa lupa. Ang isang magsasaka ay kumukuha ng pagkain mula sa lupa, at kapag nakikita niya ang pagkaing ito, siya ay masaya at panatag ang loob. Ang pamilya ay hindi magugutom dahil may mga pananim na makakain. Ang puso ng magsasaka ay panatag at siya ay nakakaramdam ng kasiyahan. Ang isang mangangaso ay nakararamdam din ng kapayapaan at nasisiyahan kapag tumitingin siya sa kanyang nahuli sapagkat hindi na niya kailangan pang mangamba tungkol sa pagkain. Mayroong makakain para sa susunod na kainan at hindi na kailangang magutom. Ito ay yaong nangangaso para mabuhay. Ang karamihan sa mga nangangaso para mabuhay ay naninirahan sa mga kagubatan sa bundok. Hindi sila nagsasaka. Hindi madaling makahanap ng masasakang lupa roon, kaya sila ay nabubuhay sa pamamagitan ng iba't ibang buhay na mga bagay, ng iba't ibang uri ng masisila. Ito ang unang uri ng pamumuhay na naiiba sa mga karaniwang tao.

Ang ikalawang uri ay ang paraan ng pamumuhay ng isang tagapastol. Ang mga tao ba na nagpapastol ng mga hayop para mabuhay ay nagsasaka rin ng lupa? (Hindi.) Kaya ano ang kanilang ginagawa? Paano sila nabubuhay? (Kadalasan, nagpapastol sila ng mga baka at tupa para mabuhay, at sa taglamig kinakatay nila at kinakain ang kanilang mga hayop. Ang kanilang pangunahing pagkain ay karne ng baka at karne ng tupa, at umiinom sila ng gatas na may tsaa. Bagamat ang mga tagapastol ay abala sa lahat ng apat na panahon, kumakain sila nang maayos. Marami silang gatas, mga produktong gawa sa gatas, at karne.) Ang mga taong nabubuhay sa pagpapastol ay pangunahing kumakain ng karne ng baka at karne ng tupa, umiinom ng gatas ng tupa at gatas ng baka, at sumasakay sa mga baka at mga kabayo sa pagpapastol ng kanilang mga hayop sa bukid nang nililipad ng hangin ang buhok at naaarawan ang mukha. Wala silang problema ng mga makabagong pamumuhay. Buong araw silang nakatitig sa kalawakan ng bughaw na kalangitan at madamong mga kapatagan. Ang karamihan sa mga taong nagpapastol para mabuhay ay tumitira sa mga damuhan, at nakapagpapatuloy sila sa kanilang paraan ng pamumuhay bilang mga lagalag sa loob ng maraming salinlahi. Bagamat ang buhay sa mga damuhan ay bahagyang

malungkot, ito ay isang napakasaya ring buhay. Ito ay hindi masamang uri ng pamumuhay!

Ang ikatlong uri ay ang pamumuhay sa pamamagitan ng pangingsda. Ang maliit na bahagi ng sangkatauhan ay naninirahan malapit sa karagatan o sa maliliit na mga isla. Sila ay pinaliligiran ng tubig, nakaharap sa karagatan. Ang ganitong uri ng mga tao ay nangingisda para mabuhay. Ano ang pinanggagalingan ng pagkain ng mga nangingisda para mabuhay? Kasama sa mga pinanggagalingan ng kanilang pagkain ang lahat ng uri ng isda, pagkaing-dagat at iba pang bagay mula sa dagat. Ang mga taong nangingisda para mabuhay ay hindi nagsasaka ng lupa, sa halip ay nangingisda araw-araw. Ang kanilang pangunahing pagkain ay binubuo ng iba't ibang uri ng isda at mga bagay na galing sa dagat. Ipinagpapalit nila paminsan-minsan ang mga bagay na ito para sa bigas, harina, at pang-araw-araw na pangangailangan. Ito ay naiibang pamumuhay ng mga tao na naninirahan malapit sa tubig. Dahil nakatira sila malapit sa tubig, umaasa sila rito para sa kanilang pagkain at ang pangingsda ang kanilang hanapbuhay. Hindi lamang mapagkukunan ng pagkain ang naibibigay sa kanila ng pangingsda, ngunit ito ay isang paraan ng paghahanap ng ikakabuhay.

Maliban sa pagsasaka ng lupa, ang karamihan sa sangkatauhan ay nabubuhay ayon sa tatlong paraan ng pamumuhay na binanggit sa itaas. Gayunman, karamihan sa mga tao ay nagsasaka para mabuhay at iilang grupo lamang ng mga tao ang nabubuhay sa pamamagitan ng pagpapastol, pangingsda, at pangangaso. At ano ang kailangan ng mga taong nagsasaka para mabuhay? Ang kailangan nila ay lupa. Sa paglipas ng mga salinlahi, sila ay nabubuhay sa pagtatanim sa lupa ng mga halamang kinakain, nagtatanim man sila ng mga gulay, prutas o mga butil, nakakakuha sila ng kanilang pagkain at ng kanilang mga pang-araw-araw na pangangailangan mula sa lupa.

Ano ang mga pangunahing kondisyon kung saan nakasalig ang iba't ibang paraan ng pamumuhay ng tao na ito? Hindi ba lubos na kailangan na maging pangunahin na mapangalagaan ang mga kapaligiran kung saan sila patuloy na nakakapamuhay? Ibig sabihin, kung mawala sa mga nabubuhay sa pangangaso ang mga kagubatan sa bundok o mga ibon at hayop, mawawala ang pinagkukunan nila ng kanilang ikabubuhay. Ang direksyong dapat puntahan ng lahi at uri ng mga taong ito ay mawawalan ng katiyakan, at maaari pa silang maglaho. At ano ang mangyayari sa mga nagpapastol ng mga hayop para sa kanilang ikakabuhay? Saan sila aasa? Ang tunay na sinasandigan nila ay hindi ang kanilang mga alagang hayop, kundi ang kapaligiran kung saan nabubuhay ang kanilang mga alagang hayop—ang mga damuhan. Kung wala ang mga damuhan, saan sila magpapastol ng kanilang mga alagang hayop? Ano ang kakainin ng mga baka at tupa? Kung wala ang mga hayop, ang mga lagalag na taong ito ay hindi magkakaroon ng kabuhayan. Kung walang mapagkukunan ng ikabubuhay, saan patutungo ang mga taong ito? Ang patuloy na mabuhay ay magiging napakahirap para sa kanila; wala silang magiging kinabukasan. Kung walang mga pinagmumulan ng tubig, at ang mga ilog at mga lawa ay matutuyo, magkakaroon pa

rin ba ng lahat ng isda na umaasa sa tubig para mabuhay? Mawawala na ang mga ito. Ang mga tao ba na umaasa sa tubig at isda para sa kanilang ikabubuhay ay patuloy pang mabubuhay? Kung wala na silang pagkain, kung wala na silang pinagkukunan ng kanilang mga ikabubuhay, ang mga taong ito ay hindi na makapagpapatuloy na mabuhay. Ibig sabihin, sa sandaling magkaroon ng suliranin sa kanilang mga kabuhayan o kakayahan para mabuhay ang anumang lahi, ang lahing iyon ay hindi na makapagpapatuloy pa, at maaari silang maglaho sa balat ng lupa at tuluyang mawala. At kung ang mga nagsasaka para sa kanilang ikabubuhay ay mawawalan ng kanilang lupa, kung hindi na sila makapagtatanim ng lahat ng uri ng halaman at makakakuha ng kanilang pagkain mula sa mga halamang iyon, ano ang kahihinatnan nito kung gayon? Kung walang pagkain, hindi ba mamamatay sa gutom ang mga tao? Kapag ang mga tao ay namamatay sa gutom, hindi ba malilipol ang lahi ng mga taong iyon? Kaya ito ang layunin ng Diyos sa pagpapanatili ng iba't ibang uri ng kapaligiran. May isang layunin lamang ang Diyos sa pagpapanatili ng iba't ibang kapaligiran at ekosistema at ng lahat ng iba't ibang nabubuhay na nilalang sa mga ito—at ito ay upang pangalagaan ang lahat ng uri ng mga tao, upang pangalagaan ang mga tao na nabubuhay sa iba't ibang heograpikal na kapaligiran.

Kung lahat ng bagay na nilikha ay nawalan ng sarili nitong mga batas, hindi na iiral pa ang mga ito; kung nawalan ng mga batas ang lahat ng bagay, ang mga nabubuhay na nilalang sa lahat ng bagay ay hindi magagawang magpatuloy. Mawawala rin sa sangkatauhan ang kanilang mga kapaligiran kung saan sila umaasa para patuloy na mabuhay. Kung mawala sa mga tao ang lahat ng iyon, hindi na sila makapagpapatuloy na mabuhay at magparami sa bawat henerasyon gaya ng ginagawa nila. Kaya nabubuhay ang mga tao hanggang ngayon ay dahil natutustusan sila ng Diyos ng lahat ng bagay na nilikha upang pangalagaan sila, upang pangalagaan ang sangkatauhan sa iba't ibang kaparaanan. Dahil lamang sa pangangalaga ng Diyos sa sangkatauhan sa iba't ibang paraan kaya sila ay patuloy na nabubuhay hanggang sa ngayon sa kasalukuyang panahon. Sa pamamagitan ng nakapirming kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay na kanais-nais at may kaayusan, lahat ng iba't ibang uri ng tao sa lupa, lahat ng iba't ibang uri ng lahi, ay patuloy na mabubuhay sa loob ng kanilang sariling iminungkahing mga saklaw. Walang sinuman ang maaaring lumampas sa mga saklaw o mga hangganang ito sapagkat ang Diyos ang nagtakda ng mga ito. Bakit itinakda ng Diyos ang mga hangganan sa ganitong paraan? Ito ay isang bagay na tunay na napakahalaga para sa buong sangkatauhan—napakahalagang tunay! Nagtakda ang Diyos ng saklaw para sa bawat uri ng nabubuhay na nilalang at nagsaayos ng mga paraan para sa patuloy na pamumuhay ng bawat uri ng tao. Hinati din Niya ang iba't ibang uri ng tao at iba't ibang lahi sa lupa at nagtatag para sa kanila ng mga saklaw. Ito ang susunod nating tatalakayin.

Ikaapat na Bahagi: Nagtatakda ang Diyos ng mga Limitasyon sa Pagitan ng Iba't Ibang Lahi

Ikaapat, ang Diyos ay gumuhit ng mga hangganan sa pagitan ng iba't ibang lahi. Sa mundo ay mayroong taong puti, taong itim, taong kayumanggi, at taong dilaw. Ang mga ito ay iba't ibang uri ng mga tao. Isinaayos din ng Diyos ang isang saklaw para sa buhay ng iba't ibang uri ng taong ito, at dahil wala silang alam dito, ang mga tao ay nabubuhay sa loob ng kanilang angkop na kapaligiran para patuloy na mabuhay sa ilalim ng pamamahala ng Diyos. Walang sinuman ang maaaring humakbang palabas dito. Halimbawa, isaalang-alang natin ang mga taong puti, anong mga lugar ang karaniwan nilang tinitirhan? Sila ay karaniwang nakatira sa Europa at Amerika. Ang pangunahing tirahan ng mga itim na tao ay sa Africa. Ang mga taong kayumanggi ay pinakakaraniwang nakatira sa Timog Silangang Asya at Timog Asya, sa mga bansang gaya ng Thailand, India, Myanmar, Vietnam, at Laos. Ang mga taong dilaw ay pangunahing nakatira sa Asya, iyon ay sa mga bansang tulad ng China, Japan, at South Korea. Ipinamahagi ng Diyos nang wasto ang lahat ng iba't ibang uri ng lahi upang ang iba't ibang lahi na ito ay maipamahagi sa iba't ibang panig ng mundo. Sa iba't ibang mga panig na ito ng mundo, matagal nang inihanda ng Diyos ang isang kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay na angkop sa bawat magkakaibang lahi ng tao. Sa loob ng ganitong mga uri ng kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay, inihanda ng Diyos para sa kanila ang mga lupa na may iba't ibang kulay at mga sangkap. Sa ibang salita, ang mga sangkap sa mga katawan ng mga taong puti ay hindi katulad sa mga katawan ng mga taong itim, at iba rin ang mga ito sa sangkap ng mga katawan ng mga tao na may ibang mga lahi. Nang likhain ng Diyos ang lahat ng bagay, nakapaghanda na Siya ng gayong kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay ng lahing iyon. Ang Kanyang layunin doon ay upang kapag ang gayong uri ng mga tao ay nagsimulang magparami, at dumami ang bilang, maaari na silang manatili sa loob ng saklaw na iyon. Bago nilikha ng Diyos ang mga tao ay naisip na Niya ang lahat ng ito—ilalaan Niya ang Europa at Amerika para sa mga taong puti upang tulutan silang umunlad at patuloy na mabuhay. Kaya nang nililikha ng Diyos ang mundo mayroon na Siyang plano, mayroon Siyang mithiin at layunin sa paglalagay ng mga inilagay Niya sa naturang piraso ng lupa, at sa pangangalaga ng mga pinangalagaan Niya sa piraso ng lupa na iyon. Halimbawa, matagal nang panahon na inihanda ng Diyos kung anong mga bundok, ilang kapatagan, ilang pinagmumulan ng tubig, anong mga uri ng mga ibon at mga hayop, anong isda, at anong mga halaman ang mapupunta sa lupang iyon. Sa paghahanda ng kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay ng isang uri ng tao, ng isang lahi, kinailangang isaalang-alang ng Diyos ang maraming isyu mula sa iba't ibang anggulo: ang heograpikal na kapaligiran, ang mga sangkap ng lupa, ang iba't ibang uri ng mga ibon at mga hayop, ang laki ng iba't ibang uri ng isda, ang mga bahaging bumubuo sa katawan ng isda, mga pagkakaiba-iba ng kalidad ng tubig, gayundin ang iba't-ibang uri ng mga

halaman.... Matagal na panahon nang inihanda ng Diyos ang lahat ng iyon. Ang uring iyon ng kapaligiran ay isang kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay na nilikha ng Diyos at inihanda para sa mga taong puti at na likas nilang pag-aari. Nakita ba ninyo na nang likhain ng Diyos ang lahat ng bagay, pinag-isipan Niya ito nang mabuti at ginawa ang mga bagay na may plano? (Oo, nakita namin na ang mga pagsasaalang-alang ng Diyos sa iba't ibang uri ng mga tao ay labis na pinag-isipan. Sa kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay ng iba't ibang uri ng mga tao, kung anong iba't ibang uri ng ibon at hayop at isda, ilang kabundukan at ilang kapatagan ang inihanda Niya, isinaalang-alang Niya ang mga ito nang buong ingat at ng buong katiyakan.) Gawing halimbawa ang mga taong puti. Anong pagkain ang pangunahing kinakain ng mga taong puti? Ang mga pagkain na kinakain ng mga taong puti ay ibang-iba kaysa roon sa mga pagkain na kinakain ng mga taong Asyano. Ang pangunahing kinakain ng mga taong puti ay karne, mga itlog, gatas, at mga manok. Ang mga butil kagaya ng tinapay at kanin ay kalimitang hindi pangunahing mga pagkain na inilalagay sa gilid ng plato. Kahit na kapag kumakain ng salad na gulay, naglalagay sila ng kaunting inihaw na karne ng baka o manok, at maging kapag kumakain sila ng mga pagkaing gawa sa trigo, nagdadagdag sila ng keso, mga itlog, o karne rito. Ibig sabihin, ang kanilang pangunahing pagkain ay hindi lamang binubuo ng mga pagkaing gawa sa trigo o bigas; kumakain sila ng napakaraming karne at keso. Madalas silang uminom ng nagyeyelong tubig sapagkat kumakain sila ng mga pagkain na may napakataas na kalori. Kaya, ang mga taong puti ay pambihira ang pagkamatipuno. Ito ang mga pinagkukunan ng kanilang mga ikinakabuhay at ang kanilang mga pinamumuhayang kapaligiran ay inihanda para sa kanila ng Diyos, na nagtutulot sa kanila na magkaroon ng ganitong uri ng paraan ng pamumuhay na iba sa mga paraan ng pamumuhay ng mga tao na iba ang lahi. Walang tama o mali sa ganitong paraan ng pamumuhay—ito ay likas at itinalaga ng Diyos, at dahil ito sa mga dikta ng Diyos at sa Kanyang mga pagsasaayos. Kaya ang lahing ito ay may ganitong paraan ng pamumuhay at ganitong mga pinagkukunan para sa kanilang ikabubuhay ay dahil sa kanilang lahi, at dahil din sa kapaligiran para sa kanilang patuloy na pamumuhay na inihanda para sa kanila ng Diyos. Maaari ninyong sabihin na ang kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay na inihanda ng Diyos para sa mga taong puti, at ang pang-araw-araw na panustos na nakukuha nila mula sa kapaligirang iyon, ay mayaman at sagana.

Inihanda rin ng Diyos ang kinakailangang mga kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay ng iba pang mga lahi. Mayroon ding mga taong itim—saan matatagpuan ang mga taong itim? Sila ay pangunahing matatagpuan sa gitna at timog ng Africa. Ano ang inihanda ng Diyos para sa kanila sa gayong uri ng pinamumuhayang kapaligiran? Ang mga tropikal na kagubatan, lahat ng uri ng ibon at hayop, gayundin ng mga disyerto, at lahat ng uri ng halaman na namumuhay sa paligid ng mga tao. Mayroon silang mga pinagkukunan ng tubig, ang kanilang mga kabuhayan, at pagkain. Ang Diyos ay hindi kumikiling laban sa kanila. Anuman ang kanilang nagawa kailanman, ang kanilang

paraan para mabuhay ay hindi naging isyu kailanman. Sinasakop din nila ang isang partikular na lugar at isang partikular na sukat sa isang panig ng mundo.

Ngayon ay pag-usapan natin ang tungkol sa mga taong dilaw. Ang mga taong dilaw ay pangunahing matatagpuan sa Silangan ng mundo. Ano ang mga pagkakaiba sa pagitan ng mga kapaligiran at heograpikal na kalagayan ng Silangan at ng Kanluran? Sa Silangan, ang karamihan ng lupa ay mataba, at mayaman sa mga deposito ng materyales at mineral. Iyon ay, ang lahat ng uri ng yaman sa ibabaw ng lupa at sa ilalim ng lupa ay sagana. At para sa grupo ng mga taong ito, para sa lahing ito, inihanda rin ng Diyos ang kaukulang lupa, klima, at ang iba't ibang heograpikal na kapaligiran na angkop para sa kanila. Bagamat may malaking mga pagkakaiba sa pagitan ng gayong heograpikal na kapaligiran at ang kapaligiran sa Kanluran, ang kinakailangang pagkain ng mga tao, ang mga kabuhayan, at ang mga pinagkukunan para sa patuloy na pamumuhay ay inihanda rin ng Diyos. Ito lamang ay isang naiibang pinamumuhayang kapaligiran kaysa sa kung ano ang mayroon ang mga puti sa Kanluran. Ngunit anong isang bagay ang kailangan Kong sabihin sa inyo? Ang bilang ng mga tao sa lahing Silangan ay masyadong malaki, kaya nagdagdag ang Diyos ng maraming elemento sa bahaging iyon ng mundo na naiiba sa Kanluran. Nagdagdag Siya roon ng maraming iba't ibang anyo ng lupa at ng lahat ng uri ng saganang mga materyales. Ang likas na yaman doon ay masyadong masagana; ang mga kalupaan ay iba't iba rin at sari-sari, sapat para sa pag-aalaga ng napakakapal na bilang ng lahing Silangan. Ang kaibahan ng Silangan sa Kanluran ay—mula sa timog hanggang sa hilaga, mula sa silangan hanggang sa kanluran—sa Silangan, ang klima ay mas mainam kaysa sa Kanluran. Ang apat na panahon ay malinaw ang pagkakaiba, ang mga temperatura ay angkop, ang mga likas na yaman ay masagana, at ang likas na tanawin at ang mga uri ng kalupaan ay higit na mainam kaysa sa Kanluran. Bakit ginawa ito ng Diyos? Ang Diyos ay lumikha ng totoong makatwirang balanse sa pagitan ng mga taong puti at mga taong dilaw. Ano ang ibig sabihin nito? Nangangahulugan ito na sa lahat ng aspeto ng pagkain ng mga taong puti, ang mga bagay na kanilang ginagamit, ang mga bagay na inilaan para sa kanilang katuwaan ay higit na mas mainam kaysa sa tinatamasa ng taong dilaw. Gayunman, ang Diyos ay hindi kumikiling laban sa kaninumang lahi. Ibinigay ng Diyos sa mga taong dilaw ang isang mas maganda at mas mainam na kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay. Ito ang balanse.

Itinalaga na ng Diyos kung anong uri ng mga tao ang dapat tumira sa kung aling bahagi ng mundo; maaari bang lumampas ang mga tao sa mga hangganang ito? (Hindi, hindi maaari.) Ito ay isang kahanga-hangang bagay! Kahit na may mga digmaan o mga paglusob sa iba't ibang kapanahunan o sa di-pangkaraniwang mga pagkakataon, walang pasubaling hindi kayang wasakin ng mga digmaan at paglusob na ito ang mga kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay na itinalaga ng Diyos para sa bawat lahi. Ibig sabihin, ipinirmi ng Diyos ang isang partikular na uri ng mga tao sa isang partikular na bahagi ng mundo at hindi sila makalalabas sa mga hangganang iyon. Kahit na ang

mga tao ay may ilang uri ng ambisyon na baguhin o palawakin ang kanilang teritoryo, kung walang pahintulot ng Diyos, napakahirap itong makamtan. Magiging napakahirap para sa kanila na magtagumpay. Halimbawa, gusto ng mga taong puti na palawigin ang kanilang teritoryo at sinakop nila ang ilan pang ibang mga bansa. Sinalakay ng mga Aleman ang ilang bansa, at minsang sinakop ng Inglatera ang India. Ano ang kinalabasan? Sa huli, sila ay nabigo. Ano ang ating nakikita mula sa kanilang kabiguan? Kung ano ang itinalaga ng Diyos ay hindi pinahihintulutang masira. Kaya, gaano man katindi ang bilis na maaaring nakita mo sa pagpapalawak ng Inglatera, sa huli, kinailangan pa rin nilang umatras at lisanin ang lupang iyon na pagmamay-ari pa rin ng India. Ang mga nakatira sa lupang iyon ay mga Indiyano pa rin, hindi mga Briton, dahil hindi ito pahihintulutan ng Diyos. Ang ilan sa mga nagsasaliksik ng kasaysayan o pulitika ay naglaan ng mga sanaysay ukol rito. Nagbigay sila ng mga kadahilanan kung bakit nabigo ang Inglatera, sinasabi na marahil ang isang tiyak na lahi ay hindi maaaring malupig, o maaaring dahil sa ilang pantaong kadahilanan.... Ang mga ito ay hindi ang tunay na mga kadahilanan. Ang tunay na dahilan ay ang Diyos—hindi Niya ito pahihintulutan! Hinahayaan ng Diyos na manirahan ang isang lahi sa isang partikular na lugar at pinamamalagi sila roon, at kapag hindi sila pinahintulutan ng Diyos na lumipat mula sa lupaing iyon, hindi sila kailanman makalilipat. Kapag ang Diyos ay nagtatakda ng isang tiyak na sukat ng lupa para sa kanila, sila ay maninirahan sa loob ng sukat ng lupang iyon. Ang sangkatauhan ay hindi makahuhulagpos o makatatakas sa mga tiyak na sukat ng lupang ito. Ito ay sigurado. Gaano man kalakas ang mga puwersa na lumulusob, o gaano man kahina ang mga nilulusob, sa katapusan, ang tagumpay ng lumulusob ay nasa Diyos. Itinalaga na Niya ito at walang sinumang makakapagbago rito.

Ang nasa itaas ang kung paano ipinamahagi ng Diyos ang iba't ibang lahi. Anong gawain ang ginawa ng Diyos upang ipamahagi ang mga lahi? Una, Siya ay naghanda ng malaking heograpikal na kapaligiran, naglalaan ng iba't ibang lokasyon para sa mga tao, at pagkatapos ay patuloy na namuhay sa mga lugar na iyon ang maraming salinlahi. Maayos na ito—maayos na ang tiyak na sukat ng lugar para sa patuloy na pamumuhay nila. At ang kanilang mga buhay, kung ano ang kakainin, kung ano ang iinum, kanilang mga kabuhayan—matagal nang isinaayos ng Diyos ang lahat ng iyon. At noong nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay, gumawa Siya ng iba't ibang paghahanda para sa iba't ibang uri ng mga tao: May iba't ibang kayarian ng lupa, iba't ibang klima, iba't ibang halaman, at iba't ibang heograpikal na kapaligiran. Ang iba't ibang lugar ay mayroon pang iba't ibang ibon at hayop, ang iba't ibang tubig ay may sari-saring uri ng isda at mga pantubig na mga produkto, at maging ang mga uri ng mga insekto ay Diyos ang nagpasiya. Halimbawa, ang mga bagay na tumutubo sa kontinente ng Amerika ay masyadong malaki lahat, masyadong mataas at masyadong matibay. Ang mga ugat ng mga puno sa kagubatan sa kabundukan ay masyadong mababaw, ngunit lumalaki ang mga ito nang masyadong mataas. Kaya pa nga ng mga ito na umabot sa isang daang metro o higit pa, subalit ang karamihan ng mga puno sa mga kagubatan sa Asya ay hindi ganoon

kataas. Tingnan ang mga halamang sabila bilang halimbawa. Sa Japan, ang mga ito ay masyadong makitid at masyadong manipis, ngunit ang mga halamang sabila sa US ay talagang malalaki. Mayroong pagkakaiba rito. Ito ay magkaparehong uri ng halaman na may magkaparehong pangalan, ngunit sa kontinente ng Amerika ito ay tumutubo nang mas malaki. Ang mga pagkakaiba sa iba't ibang aspetong ito ay maaaring hindi makita o mahalata ng mga tao, ngunit nang nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay, Kanyang inilarawan ang mga ito at naghanda ng iba't ibang heograpikal na kapaligiran, iba't ibang kalupaan, at iba't ibang nabubuhay na bagay para sa iba't ibang lahi. Iyan ay sapagkat nilikha ng Diyos ang iba't ibang uri ng tao at nalalaman Niya ang mga pangangailangan ng bawat isa sa kanila at kung ano ang kanilang mga uri ng pamumuhay.

Ang Diyos ang Naghahari sa Lahat at Nagtutustos sa Lahat, Siya ang Diyos ng Lahat ng Bagay

Pagkatapos pag-usapan ang ilan sa mga bagay na ito, sa tingin ba ninyo ay mayroon na kayo ngayong natutunan tungkol sa pangunahing paksa na katatalakay pa lang natin? Sa palagay ba ninyo ay nagsisimula na kayong maunawaan ito? Naniniwala Akong mayroon na dapat kayong pahapyaw na ideya kung bakit Ko pinili na pag-usapan ang tungkol sa mga aspetong ito na napapaloob sa mas malawak na paksa. Ito ba ang kaso? Marahil ay maaari kayong magsalita nang kaunti kung gaano na kalaki ang bahagi nito na naintindihan ninyo. (Ang buong sangkatauhan ay inalagaan ng mga batas na ipinasiya ng Diyos para sa lahat ng bagay. Nang ipinapasiya ng Diyos ang mga batas na ito, inilaan Niya sa iba't ibang lahi ang iba't ibang kapaligiran, iba't ibang uri ng pamumuhay, iba't ibang pagkain, at iba't ibang klima at temperatura. Ito ay upang ang buong sangkatauhan ay makakapanahan sa lupa at patuloy na mabuhay. Mula rito ay nakikita ko na ang mga plano ng Diyos para sa patuloy na pamumuhay ng sangkatauhan ay napakatumpak at nakikita ko ang Kanyang karunungan at pagkaperpekto, at ang Kanyang pag-ibig para sa ating mga tao.) (Ang mga batas at mga saklaw na napagpasyahan ng Diyos ay hindi maaaring baguhin ng sinumang tao, pangyayari, o bagay. Lahat ito ay nasa ilalim ng Kanyang pamamahala.) Sa pagtingin mula sa pananaw ng mga batas na pinagpasyahan ng Diyos para sa paglago ng lahat ng bagay, hindi ba ang buong sangkatauhan, anuman ang maging uri nito, ay tinutustusan at pinangangalagaan ng Diyos? Kung ang mga batas na ito ay pinawalang-bisa o kung hindi itinatag ng Diyos ang ganitong mga batas para sa sangkatauhan, ano kaya ang kahihinatnan ng sangkatauhan? Pagkatapos mawala ng mga tao ang kanilang mga pangunahing kapaligiran para patuloy na mabuhay, magkakaroon ba sila ng anumang pagkukunan ng pagkain? Posible na ang mga pinagkukunan ng pagkain ay magiging isang suliranin. Kung mawala ng mga tao ang mga pinagkukunan ng kanilang pagkain, iyon ay, kung hindi sila makakakuha ng anumang makakain, ilang araw kaya sila makakatagal? Posibleng hindi sila makatatagal nang kahit isang buwan lamang, at ang kakayahan nila na patuloy na mabuhay ay magiging problema. Kaya ang bawat isang

bagay na ginagawa ng Diyos para patuloy na mabuhay ang mga tao, para sa pagpapatuloy ng kanilang pag-iral, pagpaparami, at ang ikinabubuhay ay napakahalaga. Ang bawat isang bagay na ginagawa ng Diyos sa mga bagay na Kanyang nilikha ay malapit na nauugnay at hindi maihihiwalay sa patuloy na pamumuhay ng sangkatauhan. Kung maging suliranin ang patuloy na pamumuhay ng sangkatauhan, makakapagpatuloy pa ba ang pamamahala ng Diyos? Iiral pa rin ba ang pamamahala ng Diyos? Magkasamang umiiral ang pamamahala ng Diyos at ang patuloy na pamumuhay ng buong sangkatauhan na Kanyang inaalagaan, kaya anuman ang mga paghahanda ng Diyos para sa lahat ng bagay na Kanyang nilikha at mga ginagawa para sa mga tao, lahat ng ito ay kinakailangan Niya, at ito ay napakahalaga sa patuloy na pamumuhay ng sangkatauhan. Kapag ang mga batas na ito na napagpasyahan ng Diyos para sa lahat ng bagay ay nilayuan, kapag ang mga batas na ito ay nilabag o ginambala, ang lahat ng bagay ay hindi na iiral pa, ang kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay ng sangkatauhan ay hindi na makapagpapatuloy na umiral, at maging ang kanilang pang-araw-araw na ikinabubuhay, at maging ang sangkatauhan mismo. Sa kadahilanang ito, ang pamamahala ng Diyos sa kaligtasan ng sangkatauhan ay hindi na rin iiral pa.

Ang lahat ng ating tinalakay, ang bawat isang bagay, ang bawat piraso ay matalik na nakaugnay sa kakayahang mabuhay ng bawat isang tao. Maaari ninyong sabihing, “Ang iyong sinasabi ay masyadong malaki, ito ay isang bagay na hindi namin makita,” at marahil ay may mga tao na makapagsasabi, “Ang iyong sinasabi ay walang kinalaman sa akin.” Gayunman, huwag kalilimutan na ikaw ay nabubuhay bilang bahagi lamang ng lahat ng bagay; ikaw ay kabilang sa lahat ng bagay na nilikha na nasa ilalim ng pamamahala ng Diyos. Ang lahat ng bagay na nilikha ng Diyos ay hindi maaaring maihiwalay sa pamamahala ng Diyos, at wala ni isang katao ang maaaring maghiwalay ng kanilang mga sarili mula sa Kanyang pamamahala. Ang pagkawala ng Kanyang pamamahala at pagkawala ng Kanyang pagtustos ay mangangahulugan na ang buhay ng mga tao, ang buhay ng mga tao sa laman, ay maglalaho. Ito ang kahalagahan ng pagtatatag ng Diyos ng mga kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay ng sangkatauhan. Hindi mahalaga kung anong lahi ka o kung saang piraso ng lupa ka nakatira, maging ito ay sa Kanluran o sa Silangan—hindi mo maihihiwalay ang iyong sarili mula sa kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay na itinatag ng Diyos para sa sangkatauhan, at hindi mo maihihiwalay ang iyong sarili mula sa pangangalaga at mga pagtutustos ng kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay na Kanyang itinatag para sa mga tao. Maging anuman ang iyong kabuhayan, anuman ang iyong inaasahan para mabuhay, at anuman ang iyong inaasahan upang tustusan ang iyong buhay sa laman, hindi mo maaaring ihiwalay ang iyong sarili mula sa pamumuno ng Diyos at ng Kanyang pamamahala. Sinasabi ng ilan: “Hindi ako magsasaka; hindi ako nagtatanim ng mga halaman para mabuhay. Hindi ako umaasa sa kalangitan para sa aking pagkain, kaya ang patuloy na pamumuhay ko ay hindi nagaganap sa kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay na itinatag ng Diyos. Ang gayong uri ng kapaligiran ay hindi nakapagbigay sa akin ng anuman.” Tama ba ito?

Sinasabi mo na hindi ka nagtatanim ng mga halaman para sa iyong ikinabubuhay, ngunit hindi ka ba kumakain ng mga butil? Hindi ka ba kumakain ng karne at mga itlog? Hindi ka ba kumakain ng mga gulay at prutas? Ang lahat ng iyong kinakain, lahat ng bagay na iyong kailangan, ay hindi maihihiwalay mula sa kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay na itinatag ng Diyos para sa sangkatauhan. At ang pinanggagalingan ng lahat ng kinakailangan ng sangkatauhan ay hindi maaaring maihiwalay mula sa lahat ng bagay na nilikha ng Diyos, na kung susumahin ay ang iyong mga kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay. Ang tubig na iyong iniinom, ang pananamit na iyong isinusuot, at ang lahat ng bagay na iyong ginagamit—alin sa mga ito ang hindi nakukuha mula sa mga bagay na nilikha ng Diyos? Sinasabi ng ilang tao: “May ilang bagay na hindi nakukuha mula sa mga bagay na nilikha ng Diyos. Tingnan mo, ang plastik ay isa sa mga bagay na iyon. Ito ay mula sa kemikal, isang bagay na gawa ng tao.” Tama ba ito? Totoong ang plastik ay gawa ng tao, at ito ay mula sa kemikal, ngunit saan nanggaling ang likas na sangkap ng plastik? Ang likas na mga sangkap ay nakuha sa mga materyales na nilikha ng Diyos. Ang mga bagay na iyong nakikita at tinatamasa, ang bawat isang bagay na iyong ginagamit, ang lahat ng ito ay mula sa mga bagay na nilikha ng Diyos. Ibig sabihin, anuman ang lahi ng isang tao, anuman ang kanyang ikinabubuhay, o anumang uri ng kapaligiran siya nakatira para sa patuloy na pamumuhay, hindi niya maihihiwalay ang kanyang sarili mula sa kung ano ang inilaan ng Diyos. Kaya ang lahat ba ng bagay na ating tinalakay sa araw na ito ay may kaugnayan sa ating paksa na “Ang Diyos ang Pinagmumulan ng Buhay para sa Lahat ng Bagay”? Kaya ang mga bagay ba na ating tinalakay sa araw na ito ay maibibilang sa mas malaking paksa na ito? (Oo.) marahil ang ilan sa Aking natalakay sa araw na ito ay medyo mahirap unawain at medyo mahirap pag-usapan. Gayunman, sa tingin Ko ay malamang na mas naiintindihan na ninyo ito ngayon.

Sa mga huling pagkakataon sa pagbabahagian, ang saklaw ng mga paksa na ating pinagbahagian ay masasabing malawak, at ang kanilang saklaw ay maituturing na napakarami, kaya kinakailangan ng ilang pagsisikap para maunawaan ninyo itong lahat. Ito ay dahil ang mga paksang ito ay mga bagay na hindi pa kailanman naiwasto noon sa paniniwala ng mga tao sa Diyos. Naririnig ito ng ilang tao bilang misteryo at ang ilang tao naman ay naririnig ito bilang kuwento—aling pananaw ang tama? Mula sa anong pananaw ninyo naririnig ang lahat ng ito? (Nakita natin kung gaano kasistematikong isinaayos ng Diyos ang lahat ng bagay na Kanyang nilikha at na ang lahat ng bagay ay mayroong mga batas, at sa pamamagitan ng mga salitang ito ay mas maiintindihan natin ang mga gawa ng Diyos at ang Kanyang metikulosong pagsasaayos para sa pagliligtas sa sangkatauhan.) Sa pamamagitan ng mga sandaling ito ng pagbabahagian, nakita ba ninyo kung gaano kalawak ang saklaw ng pamamahala ng Diyos sa lahat ng bagay? (Sa buong sangkatauhan, sa lahat ng bagay.) Ang Diyos ba ay Diyos ng iisang lahi lamang? Siya ba ang Diyos ng isang uri ng mga tao? Siya ba ang Diyos ng isang maliit na bahagi lamang ng sangkatauhan? (Hindi Siya ganoon.) Yamang hindi iyon ang kaso,

kung ayon sa inyong kaalaman tungkol sa Diyos, Siya ay Diyos lamang ng maliit na bahagi ng sangkatauhan, o Siya ay Diyos na para lamang sa inyo, tama ba ang pananaw na ito? Yamang pinamamahalaan at pinamumunuan ng Diyos ang lahat ng bagay, dapat makita ng mga tao ang Kanyang mga gawa, ang Kanyang karunungan, at ang Kanyang pagka-makapangyarihan sa lahat na nabubunyag sa Kanyang pamumuno sa lahat ng bagay. Ito ay isang bagay na dapat malaman ng tao. Kung sinasabi mong namamahala ang Diyos sa lahat ng bagay, namumuno sa lahat ng bagay, at namumuno sa buong sangkatauhan, ngunit kung wala kang anumang pagkaunawa o kabatiran sa Kanyang pamumuno sa sangkatauhan, magagawa mo ba talagang kilalanin na pinamumunuan Niya ang lahat ng bagay? Maaaring maisip mo sa iyong puso, “Magagawa ko, dahil nakikita ko na ang buhay ko ay lubos na pinamumunuan ng Diyos.” Ngunit ganoon ba talaga kaliit ang Diyos? Hindi Siya ganoon! Nakikita mo lamang ang pagliligtas ng Diyos para sa iyo at ang Kanyang gawain sa iyo, at mula sa mga bagay na ito mo lamang nakikita ang Kanyang pamumuno. Ito ay napakaliit na saklaw lamang, at ito ay may masamang epekto sa iyong pagtatamo ng tunay na kaalaman ukol sa Diyos. Nililimitahan din nito ang iyong tunay na kaalaman ukol sa pamumuno ng Diyos sa lahat ng bagay. Kapag nililimitahan mo ang iyong kaalaman sa Diyos sa saklaw ng kung ano ang naipagkakaloob para sa iyo ng Diyos at ang Kanyang pagbibigay ng kaligtasan sa iyo, hindi mo na kailanman kilalanin na pinamumunuan Niya ang lahat, na pinamumunuan Niya ang lahat ng bagay, at pinamumunuan Niya ang buong sangkatauhan. Kapag nabigo ka na makilala ang lahat ng ito, magagawa mo bang tunay na makilala ang katotohanan na pinamumunuan ng Diyos ang iyong tadhana? Hindi mo ito magagawa. Sa iyong puso ay hindi mo kailanman magagawang kilalanin ang gayong aspeto—hindi mo kailanman maaabot ang gayong kataas na antas ng pagkaunawa. Naiintindihan mo ang sinasabi Ko, tama ba? Ang totoo, nalalaman Ko kung hanggang saang antas ninyo nauunawaan ang mga paksang ito, ang nilalamang ito na Aking sinasabi, kaya bakit patuloy Ko itong sinasabi? Ito ay dahil ang mga paksang ito ay mga bagay na dapat na pahalagahan ng bawat isang tagasunod ng Diyos, ng bawat isang tao na nagnanais na mailigtas ng Diyos—kailangang maunawaan ang mga paksang ito. Kahit na sa sandaling ito ay hindi mo pa maunawaan ang mga ito, balang araw, kapag ang iyong buhay at ang iyong karanasan sa katotohanan ay makarating sa isang partikular na antas, kapag ang pagbabago sa iyong disposisyon sa buhay ay makarating sa isang partikular na antas at ikaw ay nagtamo ng isang partikular na antas ng tayog, sa gayon lamang ang mga paksang ito na Aking ipinababatid sa iyo sa pagbabahagian ay tunay na makapagtutustos at makapagbibigay-kasiyahan sa iyong paghahangad ng kaalaman ukol sa Diyos. Kaya ang mga salitang ito ay maglalalatag ng saligan, upang ihanda kayo para sa inyong pagkaunawa sa hinaharap na ang Diyos ang namumuno sa lahat ng bagay at para sa inyong pagkaunawa sa Diyos Mismo.

Kung gaano karaming pagkaunawa ukol sa Diyos ang mayroon sa puso ng mga tao, iyon rin ang lawak na Kanyang hinahawakan sa kanilang mga puso. Kung gaano kalaki

ang antas ng kaalaman ukol sa Diyos na nasa kanilang mga puso ay ganoon kadakila ang Diyos sa kanilang mga puso. Kung ang Diyos na kilala mo ay walang laman at malabo, kung gayon ang Diyos na pinaniniwalaan mo ay wala ring laman at malabo. Ang Diyos na kilala mo ay limitado lang sa saklaw ng iyong sariling personal na buhay, at walang kinalaman sa tunay na Diyos Mismo. Kaya, ang pagkilala sa praktikal na mga pagkilos ng Diyos, ang pagkilala sa realidad ng Diyos at Kanyang kapangyarihang walang hanggan, ang pagkilala sa tunay na pagkakakilanlan ng Diyos Mismo, ang pagkilala sa kung ano ang mayroon Siya at kung ano Siya, ang pagkilala sa mga pagkilos na ipinamalas Niya sa lahat ng bagay na Kanyang nilikha—ang mga bagay na ito ay napakahalaga sa bawat isang tao na naghahangad ng kaalaman ukol sa Diyos. Ang mga ito ay may direktang kaugnayan kung makapapasok o hindi ang mga tao sa realidad ng katotohanan. Kung iyong lilimitahan ang iyong pagkaunawa sa Diyos sa mga salita lamang, kung lilimitahan mo ito sa kakaunti mong karanasan, sa pagkaunawa mo sa biyaya ng Diyos, o sa kakaunti mong patotoo sa Diyos, kung gayon sasabihin Ko na ang Diyos na iyong pinaniniwalaan ay tiyak na hindi ang tunay na Diyos Mismo. Hindi lamang iyon, ngunit maaari ring sabihin na ang Diyos na pinaniniwalaan mo ay isang likhang-isip na Diyos, hindi ang tunay na Diyos. Ito ay dahil sa ang tunay na Diyos ay ang Siyang namumuno sa lahat, na lumalakad sa gitna ng lahat, na namamahala sa lahat. Siya ang humahawak sa kapalaran ng buong sangkatauhan at ng lahat ng bagay na nasa Kanyang mga kamay. Ang mga gawain at mga pagkilos ng Diyos na Aking sinasabi ay hindi limitado lamang sa maliit na bahagi ng mga tao. Ibig sabihin, hindi ito limitado lamang sa mga tao na sumusunod sa Kanya sa kasalukuyan. Ang Kanyang mga gawa ay ipinamamalas sa lahat ng bagay, sa pagiging buhay ng lahat ng bagay, at sa mga batas ng pagbabago sa lahat ng bagay. Kung hindi mo makikita o makikilala ang alinman sa mga gawa ng Diyos sa lahat ng bagay na Kanyang nilikha, kung gayon ay hindi ka maaaring sumaksi sa alinman sa Kanyang mga gawa. Kung hindi ka maaaring sumaksi para sa Diyos, kung patuloy kang nagsasalita tungkol sa maliit na kung tawagin ay “Diyos” na kilala mo, ang Diyos na iyon na limitado sa iyong sariling mga palagay at umiiral lamang sa loob ng iyong makitid na pag-iisip, kung nagpapatuloy kang magsalita tungkol sa gayong uri ng Diyos, kung gayon hindi kailanman pupurihin ng Diyos ang iyong pananampalataya. Kapag sumaksi ka para sa Diyos, kung ginagawa mo lamang ito ayon sa kung paano mo tinatamasa ang biyaya ng Diyos, kung paano mo tinatanggap ang disiplina ng Diyos at ang Kanyang pagkastigo, at kung paano mo tinatamasa ang Kanyang mga biyaya sa iyong pagsaksi para sa Kanya, kung gayon ay lubhang hindi sapat iyon at malayo pa nga sa pagbibigay ng kasiyahan sa Kanya. Kung gusto mong sumaksi sa Diyos sa paraan na nakaayon sa Kanyang kalooban, na sumaksi para sa tunay na Diyos Mismo, kung gayon kailangan mong makita kung ano ang mayroon Siya at kung ano ang Diyos sa Kanyang mga pagkilos. Kailangan mong makita ang awtoridad ng Diyos sa Kanyang pamamahala sa lahat, at makita ang katotohanan kung paano Siya naglalaan para sa buong sangkatauhan. Kung kinikilala mo lamang na ang iyong

pang-araw-araw na ikinabubuhay at ang iyong mga pangangailangan sa buhay ay nagmumula sa Diyos, ngunit hindi mo nakikita ang katotohanang kinukuha ng Diyos ang lahat ng bagay na Kanyang nilikha para tustusan ang buong sangkatauhan, at na sa pamumuno sa lahat ng bagay ay pinangungunahan Niya ang buong sangkatauhan, kung gayon hindi mo kailanman magagawang sumaksi para sa Diyos. Ano ang Aking layunin sa pagsasabi ng lahat ng ito? Ito ay upang huwag ninyo itong balewalain, upang hindi kayo magkamali na maniwala na ang mga paksang ito na Aking tinalakay ay walang kinalaman sa inyong personal na pagpasok sa buhay, at upang huwag ninyong ituring ang mga paksang ito bilang isang uri lamang ng kaalaman o doktrina. Kung pinakikinggan ninyo ang sinasabi Ko nang may ganyang uri ng saloobin, kung gayon ay hindi kayo magtatamo ng anumang bagay. Mawawala ninyo ang malaking oportunidad na ito na makilala ang Diyos.

Ano ang Aking layunin sa pagsasalita sa lahat ng bagay na ito? Ang Aking layunin ay para maipakilala sa mga tao ang Diyos, upang maipaunawa sa mga tao ang praktikal na mga pagkilos ng Diyos. Sa sandaling maunawaan mo ang Diyos at malaman mo ang Kanyang mga pagkilos, sa gayon ka pa lang magkakaroon ng pagkakataon o posibilidad na makilala Siya. Kung, halimbawa, gusto mong maunawaan ang isang tao, paano mo sila uunawain? Ito ba ay sa pamamagitan ng pagtingin sa kanilang panlabas na kaanyuan? Ito ba ay sa pamamagitan ng pagtingin sa kung ano ang kanilang suot at kung paano sila manamit? Ito ba ay sa pamamagitan ng pagtingin kung paano sila maglakad? Ito ba ay sa pamamagitan ng pagtingin sa saklaw ng kanilang kaalaman? (Hindi.) Kaya paano mo inuunawa ang isang tao? Gumagawa ka ng paghatol ayon sa pananalita at pag-uugali ng isang tao, sa kanilang iniisip at mga bagay na kanilang ipinahahayag at ibinubunyag tungkol sa kanilang sarili. Ito ang paraan ng pagkilala sa isang tao, kung paano unawain ang isang tao. Gayundin, kung gusto ninyong makilala ang Diyos, kung gusto ninyong maintindihan ang praktikal Niyang panig, ang Kanyang totoong panig, kailangang makilala ninyo Siya sa pamamagitan ng Kanyang mga gawa at sa pamamagitan ng bawat isang praktikal na bagay na Kanyang isinasakatuparan. Ito ang pinakamahusay na paraan, at ito ang tanging paraan.

Binabalanse ng Diyos ang mga Kaugnayan sa Pagitan ng Lahat ng Bagay Upang Ipagkaloob sa Sangkatauhan ang Isang Matatag na Kapaligiran Para sa Patuloy na Pamumuhay

Ipinamamalas ng Diyos ang Kanyang mga ginagawa sa lahat ng bagay, at sa lahat ng bagay na pinamamahalaan Niya at kinokontrol ang mga batas ng lahat ng bagay. Kakatapos lamang nating pag-usapan kung paano pinamamahalaan ng Diyos ang mga batas ng lahat ng bagay gayundin kung paano Niya tinutustusan at pinangangalagaan ang buong sangkatauhan alinsunod sa mga batas na iyon. Ito ay isang aspeto. Susunod, pag-uusapan natin ang tungkol sa isa pang aspeto, na isang paraan na ginagamit ng Diyos upang magkaroon ng kontrol sa lahat ng bagay. Nagsasalita Ako tungkol sa

paraan na binalanse ng Diyos ang mga ugnayan sa pagitan ng mga ito matapos likhain ang lahat ng bagay. Ito ay masasabing isang napakalawak ding paksa para sa inyo. Pagbabalanse sa mga kaugnayan sa pagitan ng lahat ng bagay—ito ba ay isang bagay na maisasakatuparan ng mga tao? Hindi ito magagawa ng mga tao. Ang magagawa lamang ng mga tao ay ang mangwasak. Hindi nila mababalanse ang mga ugnayan sa pagitan ng lahat ng bagay; hindi nila kayang pamahalaan ang mga ito, at ang gayong kadakilang awtoridad o kapangyarihan ay lampas sa mauunawaan ng sangkatauhan. Ang Diyos Mismo lamang ang mayroong kapangyarihang gawin ang ganitong uri ng bagay. Ano ang layunin ng Diyos sa paggawa ng ganitong uri ng bagay—para saan ito? Ito rin ay malapit na nauugnay sa patuloy na pamumuhay ng sangkatauhan. Ang bawat isang bagay na nais gawin ng Diyos ay kinakailangan—walang bagay na magagawa Niya o hindi magagawa. Nang upang maingat Niya ang patuloy na pamumuhay ng sangkatauhan at maibigay sa mga tao ang isang mainam na kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay, may ilang bagay na talagang kailangan at mahalaga na dapat Niyang gawin.

Mula sa literal na kahulugan ng pariralang ito “Binabalanse ng Diyos ang lahat ng bagay,” ito ay tila isang napakalawak na paksa. Una, nagbibigay ito sa mga tao ng konsepto na ang “pagbabalanse sa lahat ng bagay” ay tumutukoy rin sa pamumuno ng Diyos sa lahat ng bagay. Ano ang kahulugan ng salitang “balanse”? Una, ang “balanse” ay tumutukoy sa hindi pagpapahintulot sa isang bagay na mawalan ng panimbang. Kagaya ito ng paggamit ng timbangan para timbangin ang mga bagay. Upang mabalanse ang timbangan, ang timbang ng dalawang panig ay dapat magkapareho. Nilikha ng Diyos ang maraming iba’t ibang uri ng mga bagay: mga bagay na nakapirmi sa kanilang lugar, mga bagay na gumagalaw, mga bagay na buhay, at mga bagay na humihinga, gayundin ng mga bagay na hindi humihinga. Madali ba para sa lahat ng bagay na ito na matamo ang isang ugnayan ng pagtutulungan, ng pagkakaugnay-ugnay sa isa’t isa, kung saan ay nagtutulungan sa isa’t isa at binabantayan ang isa’t isa? Tiyak na mayroong mga prinsipyo sa lahat ng ito, ngunit ang mga ito ay napakakumplikado, hindi ba? Hindi ito mahirap para sa Diyos, ngunit para sa mga tao, ito ay napakakumplikado na bagay para pag-aralan. Ito ay isang napakasimpleng salita—balanse. Gayunman, kung pag-aaralan ito ng mga tao, at kung kakailanganin ng mga tao mismo sa kanilang sarili na lumikha ng balanse, kung gayon kahit na ang lahat ng uri ng mga dalubhasa ang mag-aaral nito—mga pantaong biologist, mga astronomo, mga pisiko, mga chemist at maging ang mga nagsusulat ng kasaysayan—ano ang magiging panghuling kalalabasan ng pananaliksik na ito? Ang kalalabasan nito ay wala. Ito ay dahil sa ang paglikha ng Diyos sa lahat ng bagay ay sobrang kamangha-mangha at hindi kailanman matutuklasan ng sangkatauhan ang mga lihim nito. Nang likhain ng Diyos ang lahat ng bagay, nagtatag Siya ng mga prinsipyo sa pagitan ng mga ito, nagtatag ng iba’t ibang kaparaanan para mabuhay para sa pagpigil sa isa’t isa, hindi pagsasalungatan, at panustos. Ang iba’t ibang pamamaraan na ito ay sobrang masalimuot, at talagang hindi payak ang mga ito o sa isang direksyon lamang. Kapag ginagamit ng mga tao ang kanilang mga isip, ang kanilang natamong kaalaman,

at ang mga kakaibang pangyayari na kanilang namasid upang pagtibayin o saliksikin ang mga prinsipyo sa likod ng pagkontrol ng Diyos sa lahat ng bagay, ang mga bagay na ito ay sobrang napakahirap matuklasan, at masyado ring mahirap matamo ang anumang kalalabasan. Masyado talagang mahirap para sa mga tao na makakuha ng anumang mga resulta; napakahirap para sa mga tao na mapanatili ang balanse nila kapag umaasa sila sa mga kaisipan at kaalaman ng tao para mapamahalaan ang lahat ng bagay na nilikha ng Diyos. Dahil kung hindi alam ng mga tao ang mga prinsipyo ng patuloy na pamumuhay ng lahat ng bagay, hindi nila malalaman kung paano iingatan ang ganitong uri ng balanse. Kaya, kung pamahalaan at pamunuan ng mga tao ang lahat ng bagay, tiyak na masisira lamang nila ang balanseng ito. Sa sandaling masira ang balanse, ang mga kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay ng mga tao ay masisira, at kapag nangyari ang gayon, ito ay susundan ng isang krisis para sa patuloy na pamumuhay ng sangkatauhan. Ito ay magdudulot ng sakuna. Kung ang sangkatauhan ay nabubuhay sa gitna ng sakuna, ano ang magiging hinaharap nila? Ang kalalabasan ay magiging napakahirap na masuri, at imposibleng mahulaan nang may katiyakan.

Kaya paano nababalanse ng Diyos ang mga kaugnayan sa pagitan ng lahat ng bagay? Una, may ilang lugar sa mundo na natatakpan ng yelo at ng niyebe sa buong taon, samantalang sa ibang mga lugar, lahat sa apat na panahon ay parang tagsibol at hindi kailanman dumarating ang taglamig, at sa mga lugar na tulad nito, hindi ka kailanman makakakita ng isang tapal ng yelo o ni isang snowflake. Dito, pinag-uusapan natin ang mas malaking klima, at ang halimbawang ito ay isa sa mga paraan kung paano binabalanse ng Diyos ang ugnayan sa pagitan ng lahat ng bagay. Ang ikalawang paraan ay ito: Ang mga bulubundukin ay natatakpan ng malalagong halaman, na may lahat ng uri ng halaman na tumatakip sa lupa at mga hilera ng kagubatan na napakakapal na kapag naglalakad ka sa gitna ng mga ito ay hindi mo makikita ang araw. Subalit kapag titingnan ang isa pang bulubundukin, wala ni isang hibla ng damo na tumutubo, tanging mga patung-patong na tigang at hindi maayos na mga bundok. Sa panlabas na anyo, ang dalawang uri na ito ay parehong tumpok ng lupa na nagpatung-patong para maging mga bundok, ngunit ang isa ay puno ng luntiang mga halaman, habang ang isa naman ay walang-walang paglago, ni isang hibla ng damo. Ito ang ikalawang paraan na binabalanse ng Diyos ang mga ugnayan sa pagitan ng lahat ng bagay. Ang ikatlong paraan ay ito: Sa isang banda ay maaari kang makakita ng walang hangganang damuhan, isang bukid ng kumakaway na luntian. Sa kabilang banda, maaari kang makakita ng isang disyerto hanggang sa abot ng makikita ng iyong mata, tuyo, na wala ni isang buhay na bagay sa gitna ng sumisitsit na buhanging hinihipan ng hangin, lalo na ng pinagkukunan ng tubig. Ang ikaapat na paraan ay ito: Kung titingin sa isang banda: ang lahat ay nakalubog sa ilalim ng dagat, ang malawak na katubigang iyon, samantalang sa isa namang banda, hirap na hirap kang makakita ng kahit isang patak ng sariwang tubig mula sa bukal. Ang ikalimang paraan ay ito: Sa isang lupain sa banda rito, madalas ang pagpatak ng ulan at ang klima ay mahamog at mahalumigmig,

samantalang sa lupain sa banda roon, ang matinding araw ay karaniwang nakatirik sa himpapawid, at bihira na magkaroon ng kahit isang patak ng ulan. Ang ikaanim na paraan ay ito: Sa isang lugar ay may isang talampas kung saan ang hangin ay manipis at mahirap para sa tao na makahinga, samantalang sa isa pang lugar ay may mga latian at mga libis, na nagsisilbing mga tahanan para sa iba't ibang uri ng galang ibon. Mayroong iba't ibang uri ng klima, o ang mga klima o mga kapaligiran na ito ay tumutugma sa iba't ibang heograpikal na kapaligiran. Ibig sabihin, binabalanse ng Diyos ang pangunahing mga kapaligiran ng sangkatauhan para sa patuloy na pamumuhay pagdating sa malalawak na kapaligiran, mula sa klima hanggang sa heograpikal na kapaligiran, at mula sa iba't ibang sangkap ng lupa hanggang sa dami ng mga pinagkukunan ng tubig, ang lahat ay upang matamo ang balanse sa hangin, temperatura at ang kahalumigmigan ng mga kapaligiran kung saan ay patuloy na nakapamumuhay ang mga tao. Dahil sa magkakasalungat na heograpikal na kapaligiran ito, ang mga tao ay mayroong tuluy-tuloy na hangin, at ang temperatura at kahalumigmigan sa iba't ibang panahon ay hindi nagbabago. Pinahihintulutan nito ang tao na patuloy na mabuhay sa gayong uri ng kapaligiran para patuloy na makapamuhay gaya ng palagi nilang ginagawa. Una, ang malawak na kapaligiran ay dapat na balanse. Ito ay ginagawa sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang heograpikal na lokasyon at kayarian gayundin ng mga pagbabago sa pagitan ng iba't ibang klima na nagpapahintulot sa kanila na malimitahan at mabantayan ang isa't isa upang makamitan ang balanse na gusto ng Diyos at kinakailangan ng sangkatauhan. Ito ay mula sa pananaw na may kinalaman sa malawak na kapaligiran.

Pag-uusapan natin ngayon ang tungkol sa mas maliliit na detalye, tulad ng mga halaman. Paano natatamo ang balanse ng mga ito? Ibig sabihin, paano nabibigyang-kakayahan ang mga halaman na patuloy na makapamuhay sa loob ng isang balanseng kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay? Ang sagot ay, sa pamamagitan ng pamamahala sa haba ng buhay, bilis ng paglago, at bilis ng pagpaparami ng iba't ibang uri ng halaman upang maingatan ang kanilang kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay. Tingnan natin ang maliliit na damo bilang halimbawa—may mga usbong sa tagsibol, mga bulaklak sa tag-araw, at prutas sa taglagas. Nalalaglag ang prutas sa lupa. Sa sunod na taon, ang buto mula sa prutas ay umuusbong at nagpapatuloy alinsunod sa parehong mga batas. Ang haba ng buhay ng damo ay napakaigsi; ang bawat buto ay nalalaglag sa lupa, nagkakaugat at umuusbong, namumukadkad at namumunga, at ang prosesong ito ay nangyayari lamang sa tatlong panahon—tagsibol, tag-araw, at taglagas. Ang lahat ng uri ng puno ay mayroon ding sari-sariling haba ng buhay at iba't ibang kapanahunan para sa pag-usbong at pamumunga. Ang ilang puno ay namamatay pagkatapos lamang ng 30 hanggang 50 taon—ito ang haba ng buhay ng mga ito. Ngunit ang bunga ng mga ito ay nahuhulog sa lupa, na pagkatapos ay tumutubo ang mga ugat at umuusbong, mamumulaklak at mamumunga, at mabubuhay ng mga 30 hanggang 50 taon. Ito ang bilis ng muling pagtubo. Ang isang matandang puno ay namamatay at ang isang batang puno ay tumutubo; ito ang dahilan kung bakit palagi kang nakakakita ng

mga puno na tumutubo sa mga kagubatan. Ngunit mayroon din ang mga ito ng normal na pag-inog at mga proseso ng pagsilang at kamatayan. Ang ilang puno ay maaaring mabuhay nang mahigit sa isanlibong taon, at ang iba ay maaari pa ngang mabuhay ng tatlong libong taon. Anumang uri ng halaman ito o gaano man kahaba ang buhay nito, sa pangkalahatang pananalita, pinamamahalaan ng Diyos ang balanse nito batay sa kung gaano kahaba itong mabubuhay, sa kakayahan nitong magparami, at bilis at dalas ng pagpaparami nito gayundin ang dami ng mga nagiging punla mula rito. Ito ay nagtutulot sa mga halaman, mula sa mga damo hanggang sa mga puno, na makapagpatuloy na umunlad at lumago sa loob ng isang balanseng ekolohikal na kapaligiran. Kaya kapag tumingin ka sa isang kagubatan sa mundo, ang lahat ng lumalago rito, mga damo o puno, ay kapwa patuloy na nagpaparami at lumalago alinsunod sa sariling mga batas ng mga ito. Hindi nangangailangan ang mga ito ng dagdag na paggawa o tulong ng sangkatauhan. Ito ay dahil lamang sa pagkakaroon ng mga ito ng ganitong uri ng balanse kaya ang mga ito nakapagpapanatili ng sariling kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay. Dahil lamang sa pagkakaroon ng mga ito ng angkop na kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay kaya ang mga kagubatan at ang mga damuhang ito sa mundo ay nakapagpapatuloy na mabuhay sa lupa. Ang pag-iral ng mga ito ay nangangalaga sa maraming salinlahi ng mga tao gayundin ng maraming salinlahi ng lahat ng uri ng nabubuhay na mga bagay na may mga tahanan sa mga kagubatan at sa mga damuhan—mga ibon at mga hayop, mga insekto, at ang lahat ng uri ng maliliit na bagay na may buhay.

Kinokontrol din ng Diyos ang balanse sa pagitan ng lahat ng uri ng hayop. Paano Niya kinokontrol ang balanseng ito? Ito ay kagaya sa mga halaman—pinamamahalaan Niya ang balanse ng mga ito at nagpapasiya ng mga bilang ng mga ito batay sa kakayahan nilang magparami, ang dami at bilis ng pagpaparami ng mga ito at ang mga papel na ginagampanan ng mga ito sa mundo ng mga hayop. Halimbawa, kinakain ng mga leon ang mga sebra, kaya kung ang bilang ng mga leon ay lumampas sa bilang ng mga sebra, ano ang magiging kapalaran ng mga sebra? Ang mga ito ay malilipol. At kung ang pagpaparami ng mga sebra ay higit na mababa kaysa roon sa mga leon, ano ang magiging kapalaran ng mga ito? Ang mga ito ay malilipol din. Kaya, ang bilang ng mga sebra ay kailangang higit na marami kaysa sa bilang ng mga leon. Ito ay sa dahilang ang mga sebra ay hindi umiiral lamang para sa mga sarili nito, ngunit umiiral din ang mga ito para sa mga leon. Maaari mo ring sabihin ito sa ganitong paraan: Ang bawat sebra ay isang bahagi ng kabuuan ng mga sebra, ngunit ito ay pagkain din naman sa bibig ng mga leon. Ang bilis ng pagpaparami ng mga leon ay hindi kailanman madadaig ang sa mga sebra, kaya ang bilang ng mga ito ay hindi kailanman hihigit sa bilang ng mga sebra. Sa ganitong paraan lamang magagarantiya ang pinagkukunan ng pagkain ng leon. Kaya kahit na ang mga leon ay likas na mga kaaway ng mga sebra, madalas na nakikita ang mga ito ng mga taong panatag na nagpapahinga sa parehong lugar. Ang mga sebra ay hindi kailanman mababawasan sa bilang o maglalaho nang

dahil ang mga ito ay sinisila at kinakain ng mga leon, at ang mga leon ay hindi kailanman madadagdagan ang bilang dahil sa katayuan nito bilang “hari.” Ang balanseng ito ay isang bagay na matagal na panahon nang itinatag ng Diyos. Ibig sabihin, itinatag ng Diyos ang mga batas ng balanse sa pagitan ng lahat ng hayop upang maaaring matamo nila ang ganitong uri ng balanse, at ito ay isang bagay na madalas na nakikita ng mga tao. Ang mga leon lang ba ang likas na mga kaaway ng mga sebra? Hindi, kinakain din ng mga buwaya ang mga sebra. Ang mga sebra ay tila napakahihinang uri ng hayop. Wala ang mga ito ng bangis ng mga leon, at kapag nakakasagupa ang isang leon, ang nakakatakot na kalabang ito, ang magagawa lamang ng mga ito ay ang tumakbo. Hindi man lamang kayang lumaban ng mga ito. Kapag hindi nito matatalo sa takbuhan ang leon, mahahayaan na lamang ang mga sariling makain ng leon. Ito ay makikita nang madalas sa mundo ng mga hayop. Ano ang inyong pakiramdam at naiisip kapag nakikita ninyo ang ganitong uri ng bagay? Naaawa ka ba sa sebra? Kinamumuhian mo ba ang leon? Ang mga sebra ay napakaganda sa paningin! Ngunit ang mga leon, palagi nitong tinitingnan ang mga sebra nang buong kasakiman. At sa kahangalan ay hindi tumatakbo nang malayo ang mga sebra. Nakikita ng mga ito ang leong naghihintay sa kanila roon sa lilim ng isang puno. Maaaring lumapit ito at kainin sila anumang sandali. Alam nila ito sa kanilang mga puso, ngunit hindi pa rin aalis ang mga ito sa kapisang lupang iyon. Ito ay isang kagila-gilalas na bagay, isang kagila-gilalas na bagay na nagpapamalas ng pagtatalaga ng Diyos at ng Kanyang pamamahala. Nakakaramdam ka ng awa sa sebra ngunit hindi mo maililigtas ito, at kinamumuhian mo ang leon ngunit hindi mo ito mapatay. Ang sebra ay pagkain na inihanda ng Diyos para sa leon, ngunit gaano man karami ang kainin ng mga leon, ang mga sebra ay hindi mauubos. Ang bilang ng supling na naipapanganak ng mga leon ay napakaliit, at mabagal ang mga itong magparami, kaya gaano man karaming sebra ang kinakain ng mga ito, ang bilang ng mga ito ay hindi hihigit doon sa mga sebra. Sa bagay na ito ay mayroong balanse.

Ano ang layunin ng Diyos sa pagpapanatili ng ganitong uri ng balanse? Ito ay may kinalaman sa mga kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay ng mga tao gayundin ang patuloy na pamumuhay ng sangkatauhan. Kung ang mga sebra, o ang anumang kaparehong sinisila ng leon—usa o iba pang mga hayop—ay mabagal sa pagpaparami at ang bilang ng mga leon ay mabilis na dumarami, anong uri ng panganib ang haharapin ng mga tao? Normal na pangyayari ang pagkain ng mga leon sa kanilang sinila, ngunit ang pagkain ng isang leon sa isang tao ay isang trahedyang ito ay hindi isang bagay na itinalaga ng Diyos, hindi ito isang bagay na nagaganap sa ilalim ng Kanyang pamamahala, lalong hindi Niya itinulot ito sa sangkatauhan. Sa halip, ito ay itinulot ng mga tao sa kanilang mga sarili. Kaya kagaya ng nakikita ng Diyos, ang balanse sa pagitan ng lahat ng bagay ay napakahalaga para sa kakayahang mabuhay ng sangkatauhan. Ang mga ito man ay mga halaman o mga hayop, walang anumang makapag-aalis ng angkop na balanse nito. Ang mga halaman, mga hayop, mga

kabundukan, at mga lawa—inihanda ng Diyos ang isang normal na ekolohikal na kapaligiran para sa sangkatauhan. Kapag nagkaroon ang mga tao ng ganitong uri ng ekolohikal na kapaligiran—isang balanseng kapaligiran—ay saka pa lang matitiyak ang patuloy na pamumuhay nila. Kung ang kakayahang magparami ng isang puno o damo ay hindi ganoon kaganda o ang bilis ng pagpaparami ay masyadong mabagal, hindi ba mawawala ang kahalumigmigan ng lupa? Kung mawala ng lupa ang kahalumigmigan nito, magiging malusog pa ba ito? Kung mawala ng nasabing lupa ang mga halaman at kahalumigmigan nito, ito ay kaagad na guguhu, at buhangin ang papalit sa lugar nito. Kapag ang lupa ay lumubha, ang kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay ng mga tao ay masisira na rin. Kasabay ng pagkawasak na ito ay darating ang maraming sakuna. Kung wala ang ganitong uri ng balanseng pang-ekolohiya, kung wala ang ganitong tipo ng balanseng pang-ekolohiya, ang mga tao ay madalas na magdurusa mula sa mga sakuna dahil sa mga kawalan ng balanseng ito sa pagitan ng lahat ng bagay. Halimbawa, ang kawalang balanse sa kapaligiran ay humahantong sa pagkawasak ng kapaligirang pang-ekolohiya ng mga palaka, ang mga ito ay nagsama-sama, ang mga bilang ng mga ito ay mabilis na dumami at nakakakita pa ang mga tao ng malaking bilang ng mga palakang tumatawid sa mga kalsada ng mga siyudad. Kung ookupahan ng malaking bilang ng mga palaka ang kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay ng mga tao, ano ang maitatawag dito? Isang sakuna. Bakit ito matatawag na isang sakuna? Ang mga maliliit na hayop na ito na kapaki-pakinabang para sa sangkatauhan ay mapapakinabangan ng mga tao kapag nanatili ang mga ito sa isang lugar na angkop para sa mga ito; napananatili ng mga ito ang balanse ng kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay ng mga tao. Ngunit sa sandaling ang mga ito ay maging isang sakuna, maaapektuhan nito ang kaayusan ng mga buhay ng mga tao. Ang lahat ng bagay at lahat ng elementong dala-dala ng mga palaka sa loob ng kanilang mga katawan ay maaaring makaimpluwensya sa kalidad ng buhay ng mga tao. Maging ang mga organo sa katawan ng mga tao ay maaaring salakayin—ito ay isa sa mga uri ng sakuna. Ang isa pang uri ng sakuna, na madalas na nararanasan ng mga tao, ay ang paglitaw ng napakaraming bilang ng mga balang. Hindi ba ito isang sakuna? Oo, ito ay isang nakatatatong sakuna. Hindi mahalaga kung may kakayahan ang mga tao—ang mga tao ay maaaring gumawa ng mga eroplano, mga kanyon, at mga bombang atomika—kapag ang mga balang ay sumalakay, ano ang solusyon na mayroon ang sangkatauhan? Maaari ba nilang gamitin ang mga kanyon sa mga ito? Maaari ba nilang barilin ang mga ito ng kanilang mga baril na de-makina? Hindi nila ito maaaring gawin. Kung gayon ay maaari ba silang magbomba ng pestisidyo upang maitaboy ang mga ito? Hindi rin iyon madali. Ano ba ang gagawin ng maliliit na balang na iyon sa pagdating nito? Partikular nitong kinakain ang mga pananim at mga butil. Saanman makarating ang mga balang, ang mga pananim ay ganap na nauubos. Sa mga panahon ng pagsalakay ng mga balang, ang katumbas ng isang taon na pagkain na inaasahan ng mga magsasaka ay maaaring maubos lahat ng mga balang sa isang kisapmata. Para sa mga tao, ang pagdating ng mga balang ay hindi lamang

nakakairita—ito ay isang sakuna. Kaya alam nating ang paglitaw ng malaking bilang ng balang ay isang uri ng sakuna, ngunit paano naman ang mga daga? Kung walang mga maninilang ibon na kumakain ng mga daga, kung gayon ay dadami nang napakabilis ang mga ito, mas mabilis pa kaysa sa maisip mo. At kapag ang paglaganap ng mga daga ay hindi nabantayan, magkakaroon ba ang mga tao nang mainam na buhay? Anong uri ng sitwasyon ang kakaharapin ng mga tao? (Isang epidemya.) Ngunit sa tingin mo ba ay epidemya lamang ang magiging bunga nito? Kakainin ng mga daga ang anumang bagay, at ngangatngatin nila maging ang kahoy. Kung mayroong kahit na dadalawang daga sa isang bahay, makakaperwisyo ang mga ito sa lahat ng nakatira roon. Kung minsan ay nang-uumit ang mga ito ng mantika at kinakain ito, may mga pagkakataon na kinakain ng mga ito ang tinapay o mga butil. At ang mga bagay na hindi nito makakain ay nginangatngat na lamang nito at ikinakalat. Nginangatngat ng mga ito ang mga damit, mga sapatos, muwebles—nginangatngat nila ang lahat ng bagay. May mga pagkakataong umaakyat sila sa paminggan—maaari pa bang gamitin ang mga platong iyon matapos tapakan ang mga ito ng mga daga? Kahit na linisin mo pang mabuti ang mga iyon, hindi ka na mapapanatag, kaya itatapon mo na lang ang mga iyon. Ito ang mga pagkayamot na dulot ng mga daga sa mga tao. Bagama't ang mga daga aymaliliit na nilikha, ang mga tao ay walang paraan ng pagharap sa mga ito, at sa halip ay pinagtitiisan na lang ang mga pa-atake ng mga ito. Ang isang pares ng daga ay sapat na para magdulot ng pagkagambala, at lalo na ang isang malaking grupo ng mga ito. Kung lolobo ang bilang ng mga ito at ito ay naging isang sakuna, ang mga kahihinatnan ay hindi mailalarawan sa isipan. Kahit na ang mga nilikha na kasing liliit ng mga langgam ay maaaring maging isang sakuna. Kung mangyayari iyan, ang pinsalang maidudulot nito sa sangkatauhan ay hindi maaaring balewalain. Kayang magdulot ng mga langgam ng labis na pinsala sa mga bahay hanggang sa gumuho ang mga ito. Ang lakas ng mga langgam ay hindi dapat ipagwalang-bahala. Hindi ba nakakatakot kung ang iba't ibang uri ng ibon ay lilikha ng isang sakuna? (Oo.) Kung ipapahayag ito sa isa pang paraan, sa tuwing mawalan ng balanse ang mga hayop o mga bagay na may buhay, anumang uri ang mga ito, sila ay lalago, magpaparami, at maninirahan sa loob ng isang abnormal na saklaw, isang hindi karaniwang saklaw. Magdudulot ito ng hindi mailalarawan sa isip na mga kahihinatnan sa sangkatauhan. Hindi lamang nito maaapektuhan ang pagpapanatili ng mga tao at mga buhay, ngunit ito ay magdudulot din ng kapahamakan sa sangkatauhan, maging hanggang sa punto na ang mga tao ay magdurusa ng kapalaran ng lubos na pagkawasak at pagkalipol.

Nang nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay, ginamit Niya ang lahat ng uri ng sistema at pamamaraan para mabalanse ang mga ito, upang mabalanse ang mga kalagayan sa pamumuhay ng mga kabundukan at mga lawa, ng mga halaman at ng lahat ng uri ng mga hayop, ibon, at insekto. Ang Kanyang layunin ay upang tulutan ang lahat ng uri ng mga nilalang na mabuhay at magparami sa ilalim ng mga batas na Kanyang itinatag. Walang isa mang bagay na nilikha ang makakalabag sa mga batas na ito, at

hindi maaaring labagin ang mga batas. Sa loob lamang ng ganitong uri ng pangunahing kapaligiran na maaaring ligtas na makapanatiling buhay at makapagparami ang mga tao, sa maraming salinlahi. Kung ang isang nabubuhay na nilikha ay lumampas sa dami o saklaw na itinatag ng Diyos, o kapag nilampasan nito ang bilis ng paglago, dalas ng pagpaparami, o bilang na Kanyang idinikta, ang kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay ng sangkatauhan ay magdaranas ng magkakaibang mga antas ng pagkawasak. At sa kaparehong panahon, ang kakayahang mabuhay ng sangkatauhan ay manganganib. Kapag ang isang uri ng nabubuhay na nilalang ay masyadong marami sa bilang, nanakawin nito sa tao ang kanilang pagkain, sisirain ang mga pinagkukunan ng tubig ng mga tao, at sisirain ang kanilang mga bayan. Sa gayong paraan, ang pagpaparami ng sangkatauhan o ang kalagayan ng kanilang kakayahan para mabuhay ay dali-daling maaapektuhan. Halimbawa, ang tubig ay napakahalaga para sa lahat ng bagay. Kung masyadong marami ang mga daga, langgam, balang, at palaka, o ang anumang uri ng iba pang mga hayop, iinom ang mga ito ng mas maraming tubig. Habang ang dami ng tubig na iniinom ng mga ito ay tumataas, ang tubig na inumin ng mga tao at ang tubig sa loob ng nakapirming saklaw ng mga pinagkukunan ng tubig na maiinom at ang mga lugar na may tubig ay mababawasan at daranas sila ng kakulangan ng tubig. Kapag ang tubig na iniinom ng mga tao ay nasira, nakontamina, o nawala dahil ang lahat ng uri ng hayop ay dumami sa bilang, sa ilalim ng gayong uri ng malupit na kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay, ang patuloy na pamumuhay ng sangkatauhan ay lubhang manganganib. Kung mayroon lamang isang uri o iba't ibang uri ng nilalang na may buhay ang lumampas sa angkop na bilang nito, kung gayon ang hangin, temperatura, kahalumigmigan, at maging ang nilalaman ng hangin sa loob ng espasyo ng sangkatauhan para sa patuloy na pamumuhay ay malalason at masisira sa magkakaibang antas. Sa ilalim ng ganitong mga kalagayan, ang patuloy na pamumuhay at kapalaran ng mga tao ay mapapasailalim din sa mga bantang dulot ng gayong uri ng mga salik sa ekolohiya. Kaya, kapag nawala ang mga balanseng iyon, ang hangin na hinihinga ng mga tao ay masisira, ang tubig na kanilang iniinom ay magiging kontaminado, at ang mga temperatura na kanilang kinakailangan ay magbabago rin at maaapektuhan sa iba't ibang mga antas. Kung mangyayari iyon, ang mga kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay na likas na pag-aari ng sangkatauhan ay mapapasailalim sa mga katakut-takot na mga dagok at mga hamon. Sa ganitong uri ng kalagayan kung saan ang pangunahing mga kapaligiran para sa patuloy na pamumuhay ng sangkatauhan ay nasira, ano ang magiging kapalaran at mga inaasahan ng sangkatauhan? Ito ay isang napakaseryosong suliranin! Sapagkat nalalaman ng Diyos kung bakit umiiral ang bawat isa sa mga bagay na nilikha alang-alang sa sangkatauhan, ano ang papel ng bawat uri ng bagay na Kanyang nilikha, anong uri ng epekto ang mayroon ito sa sangkatauhan, at gaano kalaki ang pakinabang ng sangkatauhan dito, dahil sa puso ng Diyos ay may plano para sa lahat ng ito at pinamamahalaan Niya ang bawat isang

aspeto sa lahat ng bagay na Kanyang nilikha, kaya ang bawat isang bagay na Kanyang ginagawa ay napakahalaga at kinakailangan ng sangkatauhan. Kaya mula ngayon, sa tuwing makamamasid ka ng ilang kakaibang pangyayaring ekolohikal sa mga bagay na nilikha ng Diyos, o ilang likas na mga batas na ipinatutupad sa mga bagay na nilikha ng Diyos, hindi ka na magdududa pa sa pangangailangan ng bawat isang bagay na nilikha ng Diyos. Hindi ka na uli gagamit pa ng mga ignoranteng pananalita upang gumawa ng mga hindi makatwirang paghatol sa pagsasaayos ng Diyos sa lahat ng bagay at sa Kanyang iba't ibang pamamaraan ng pagkakaloob sa sangkatauhan. Ni hindi ka rin gagawa ng mga hindi makatwirang konklusyon tungkol sa mga batas ng Diyos para sa lahat ng bagay na Kanyang nilikha. Hindi ba ito ang kaso?

Ano ang lahat ng ito na katatalakay pa lamang natin? Isipin ito nang ilang sandali. Ang Diyos ay may sariling layunin sa bawat bagay na Kanyang ginagawa. Kahit na hindi masumpungan ng mga tao ang Kanyang layunin, ito ay palaging hindi maihihiwalay at may malakas na kaugnayan sa patuloy na pamumuhay ng sangkatauhan. Ito ay hindi maaaring mawala. Ito ay dahil hindi pa kailanman gumawa ang Diyos ng anumang bagay na walang saysay. Ang mga prinsipyong nasa likod ng bawat isang bagay na Kanyang ginagawa ay nagtataglay ng Kanyang plano at ng Kanyang karunungan. Ang layunin at intensyon sa likod ng planong iyon ay para sa proteksyon ng sangkatauhan, upang tulungan ang sangkatauhan na maiwasan ang sakuna, ang pananalakay ng ibang nabubuhay na nilalang, at anumang uri ng pinsala sa mga tao ng anumang bagay na nilikha ng Diyos. Kaya masasabi ba na ang mga gawa ng Diyos na ating nakita mula sa paksang ito ay bumubuo ng isa pang paraan na naglalaan ang Diyos para sa sangkatauhan? Maaari ba nating sabihin na sa pamamagitan ng mga gawang ito, pinakakain at pinapastol ng Diyos ang sangkatauhan? (Oo.) Mayroon bang matibay na kaugnayan ang paksang ito at ang tema ng ating pagbabahagian: “Ang Diyos ang Pinagmumulan ng Buhay para sa Lahat ng Bagay”? (Oo.) Mayroong napakatibay na ugnayan, at ang paksang ito ay isang aspeto niyon. Bago talakayin ang mga paksang ito, ang mga tao ay mayroon lamang ilang malabong guniguni ukol sa Diyos, sa Diyos Mismo at sa Kanyang mga gawa—wala silang tunay na pagkaunawa. Gayunman, kapag sinasabihan ang mga tao tungkol sa Kanyang mga gawa at sa mga bagay na Kanyang isinakatuparan, naiintindihan at nauunawaan nila ang mga prinsipyo ng ginagawa ng Diyos at nauunawaan nila ang mga ito at nagiging abot-kamay nila ito. Kahit na sa puso ng Diyos ay mayroon ng lahat ng uri ng napakakumplikadong mga teorya, prinsipyo, at patakaran kapag gumagawa Siya ng anumang bagay, tulad ng paglikha at pamamahala Niya sa lahat ng bagay, hindi ba posible para sa inyo na magtamo ng pag-unawa sa inyong mga puso na ang mga ito ay mga gawain ng Diyos at ang mga ito ay talagang totoo, sa pamamagitan lamang ng pagtulot sa inyo na matutunan ang tungkol sa isang bahagi nito sa pagbabahagian? (Oo.) Kung gayon paanong naiiba sa nakaraan ang inyong kasalukuyang pagkaunawa sa Diyos? Ito ay naiiba sa diwa nito. Ang inyong naintindihan noon ay masyadong hungkag, masyadong malabo, ngunit ang inyong

naiintindihan ngayon ay nagtataglay ng napakaraming kongkretong katunayan na tugma sa mga gawa ng Diyos, na tugma sa kung anong mayroon at kung ano ang Diyos. Kaya, ang lahat ng Aking sinabi ay napakagandang materyal sa pag-aaral para sa inyong pagkaunawa sa Diyos.

Pebrero 9, 2014

Ang Diyos Mismo, ang Natatangi X

Ang Diyos ang Pinagmumulan ng Buhay

Para sa Lahat ng Bagay (IV)

Sa araw na ito, magbabahagian tayo tungkol sa isang natatanging paksa. Para sa bawat isang mananampalataya, mayroon lamang dalawang pangunahing bagay na kailangan nilang malaman, maranasan at maintindihan. Ano ang dalawang bagay na ito? Ang una ay ang indibiduwal na pagpasok ng isang tao sa buhay, at ang ikalawa ay may kaugnayan sa pagkilala sa Diyos. Tungkol sa paksa na pinag-uusapan natin kamakailan hinggil sa pagkilala sa Diyos, sa tingin ba ninyo ay maaari itong makamit? Makatarungang sabihin na hindi talaga ito maabot ng karamihan sa mga tao. Maaaring hindi kayo makumbinsi ng Aking mga salita, ngunit bakit Ko sinasabi ito? Sinasabi ko ito dahil noong kayo ay nakikinig sa mga sinasabi Ko noong una, paano Ko man ito sinabi, o ano mang mga salitang ginamit, sa literal na paraan at sa teorya ay nalaman ninyo kung para saan ang mga salitang ito. Gayunman, isang lubhang seryosong isyu para sa inyong lahat na hindi ninyo naintindihan kung bakit Ko sinabi ang mga bagay na tulad nito o kung bakit Ako nagsalita ukol sa mga paksang tulad nito. Ito ang pinakapunto ng usapin. Kaya, bagamat ang pakikinig sa mga bagay na ito ay nakadagdag nang kaunti at nagpayaman sa inyong pagkaunawa ukol sa Diyos at sa Kanyang mga gawa, nadarama pa rin ninyo na ang pagkilala sa Diyos ay nangangailangan ng matinding pagsisikap. Ibig sabihin, pagkatapos na marinig ang Aking sinabi, hindi naiintindihan ng karamihan sa inyo kung bakit Ko sinabi ito, o kung ano ang kaugnayan nito sa pagkilala sa Diyos. Ang dahilan kung bakit hindi ninyo maintindihan ang kaugnayan nito sa pagkilala sa Diyos ay sapagkat ang inyong karanasan sa buhay ay masyadong mababaw. Kung ang kaalaman at karanasan ng mga tao ukol sa mga salita ng Diyos ay mananatili sa napakababaw na antas, kung gayon ang karamihan sa kanilang kaalaman ukol sa Kanya ay magiging malabo at mahirap unawain; lahat ng ito ay magiging pangkalahatan, doktrinal, at teoretikal. Sa teorya, ito ay lumilitaw o masasabing lohikal at makatwiran, ngunit ang kaalaman sa Diyos na lumalabas sa mga bibig ng karamihan sa mga tao ay hungkag sa katunayan. At bakit Ko sinasabing ito ay hungkag? Ito ay dahil wala kang malinaw na pagkaunawa sa pagiging totoo at tumpak ng sinasabi mo tungkol sa pagkilala sa Diyos. Kaya, bagamat karamihan sa mga tao ay nakarinig sa katunayan ng napakaraming impormasyon at paksa tungkol sa pagkilala sa Diyos, ang kanilang kaalaman tungkol sa Diyos ay hindi pa lumalampas sa teorya at sa malabo at mahirap unawain na doktrina. Paano kaya malulutas ang suliraning ito? Naisip niyo na ba kahit minsan ang tungkol diyan? Kung hindi hinahanap ng isang tao ang katotohanan, maaari ba niyang taglayin ang realidad? Kung hindi hinahanap ng isang tao ang katotohanan, kung gayon ay walang pag-aalinlangan na wala siyang realidad, at samakatwid ay tiyak na wala siyang kaalaman o karanasan ukol sa mga salita ng Diyos. Maaari bang makilala ang Diyos ng mga hindi nakaaalam sa mga salita

ng Diyos? Talagang hindi; ang dalawa ay magkaugnay. Kaya karamihan sa mga tao ay nagsasabi, “Bakit napakahirap na makilala ang Diyos? Kapag ako ay nagsasalita tungkol sa pagkilala sa aking sarili, maaaring abutin ako ng maraming oras, ngunit pagdating sa pagkilala sa Diyos, wala akong masabi. Kahit na maaari akong magsalita nang kaunti tungkol sa paksa, ang aking mga salita ay pilit at pangit pakinggan. Ito ay asiwa pa sa pandinig kapag naririnig ko ang aking sariling sinasabi ang mga ito.” Ito ang pinagmumulan. Kung pakiramdam mo ay napakahirap na makilala ang Diyos, na ang pagkilala sa Kanya ay nangangailangan ng malaking pagsisikap, o wala kang maibigay na paksa at hindi ka makapag-isip ng anumang bagay na totoo para makipagbahagian at makapagbigay sa iba at sa iyong sarili, kung gayon ay pinatutunayan nito na ikaw ay isang tao na hindi pa nakararanas ng mga salita ng Diyos. Ano ang mga salita ng Diyos? Ang mga salita ba ng Diyos ay hindi mga pagpapahayag ng kung ano ang mayroon ang Diyos at kung ano Siya? Kung hindi mo pa nararanasan ang mga salita ng Diyos, maaari ka bang magkaroon ng anumang kaalaman ukol sa kung anong mayroon ang Diyos at kung ano Siya? Siguradong hindi. Ang lahat ng bagay na ito ay magkakaugnay. Kung wala kang karanasan ukol sa mga salita ng Diyos, kung gayon ay hindi mo mauunawaan ang kalooban ng Diyos, ni hindi mo rin malalaman kung ano ang Kanyang disposisyon, ano ang Kanyang mga kagustuhan, ano ang Kanyang mga kinasusuklaman, ano ang Kanyang mga hinihingi sa mga tao, ano ang Kanyang saloobin sa mabubuting tao, at anong uri ng saloobin ang mayroon Siya sa masasama; ang lahat ng ito ay tiyak na magiging malabo at hindi maliwanag sa iyo. Kung ikaw ay naniniwala sa Diyos sa kabila ng gayong kalabuan, kung gayon, kapag sinasabi mo na isa ka sa mga naghahangad ng katotohanan at sumusunod sa Diyos, ang mga salita bang ito ay makatotohanan? Hindi makatotohanan ang mga ito! Magpatuloy tayo kung gayon sa pagbabahagian tungkol sa pagkilala sa Diyos.

Sabik kayong lahat na marinig ang paksa sa ating pagbabahagian sa araw na ito, tama ba? Ang paksang ito ay nauugnay rin sa paksang “Ang Diyos ang pinagmumulan ng buhay para sa lahat ng bagay” na ating pinag-uusapan nito lang. Marami tayong napag-usapan tungkol sa mga paraan na “Ang Diyos ang pinagmumulan ng buhay para sa lahat ng bagay,” gamit ang iba’t ibang kaparaanan at pananaw upang ipaalam sa mga tao kung paano pinamamahalaan ng Diyos ang lahat ng bagay, ano ang mga ginagamit Niyang paraan para magawa ito, at alinsunod sa anong mga prinsipyo Niya pinamamahalaan ang lahat ng bagay nang sa gayon ay maaaring magkaroon ng mga ito sa planetang ito na nilikha ng Diyos. Marami rin tayong napag-usapan tungkol sa mga paraan ng pagtustos ng Diyos sa sangkatauhan: ano ang mga paraan ng pagbibigay Niya ng panustos na ito, anu-anong uri ng mga pinamumuhayang kapaligiran ang ibinibigay Niya sa mga tao, at sa anong mga paraan at mula sa anong punto Siya nagsisimulang magbigay ng matatag na pinamumuhayang kapaligiran para sa tao. Bagamat hindi Ako nagsalita nang tuwiran ukol sa kaugnayan sa pagitan ng pamamahala at pangangasiwa ng Diyos sa lahat ng bagay, at ang Kanyang

pamamahala, Ako ay hindi tuwirang nagsalita kung bakit pinangangasiwaan Niya ang lahat ng bagay sa ganitong paraan, at gayundin kung bakit Niya tinutustusan at pinakakain ang sangkatauhan sa ganitong paraan. Ang lahat ng ito ay may kaugnayan sa Kanyang pamamahala. Ang nilalaman ng mga pinag-usapan natin ay masyadong malawak: mula sa napakalaking kapaligiran hanggang sa labis na mas maliliit na mga bagay kagaya ng mga pangunahing pangangailangan at pagkain ng mga tao; mula sa kung paano pinamamahalaan ng Diyos ang lahat ng bagay at pinatatakbo ang mga ito sa maayos na paraan, hanggang sa tama at wastong pinamumuhayang kapaligiran na nilikha Niya para sa mga tao sa lahat ng lahi, at iba pa. Ang malawak na nilalaman na ito ay nakaugnay lahat sa paraan ng pamumuhay ng mga tao sa laman—ibig sabihin, lahat ng ito ay may kaugnayan sa mga bagay sa materyal na mundo na nakikita ng mata, at nararamdaman ng mga tao, tulad ng mga kabundukan, ilog, karagatan, kapatagan, at iba pa. Ang lahat ng bagay na ito ay maaaring makita at mahawakan. Kapag nagsasalita Ako ukol sa hangin at temperatura, maaari ninyong gamitin ang inyong hininga upang tuwirang madama na mayroong hangin, at ang inyong katawan upang pakiramdaman kung ang temperatura ay mataas o mababa. Ang mga puno, damo, at ang mga ibon at hayop sa mga kagubatan, ang mga bagay na lumilipad sa himpapawid, at naglalakad sa lupa, at ang iba’t ibang maliliit na hayop na lumalabas mula sa mga lungga, ay maaaring makita ng sariling mga mata ng mga tao at marinig ng kanilang sariling mga tainga. Bagamat ang saklaw ng lahat ng bagay na ito ay talagang malawak, sa lahat ng bagay na nilikha ng Diyos, kinakatawan lamang ng mga ito ang materyal na mundo. Ang mga materyal na bagay ang nakikita at nahahawakan ng mga tao, ibig sabihin, kapag hinawakan mo ang mga ito, nararamdaman mo ang mga ito, at kapag nakikita ang mga ito ng iyong mga mata, ipinapakita ng iyong utak sa iyo ang isang imahe, isang larawan. Ang mga bagay na ito ay tunay at totoo; para sa iyo ay konkreto ang mga ito at may hugis. Maaaring ang mga ito ay parisukat, o bilog, o mataas o mababa, at ang bawat bagay ay nagbibigay sa iyo ng naiibang impresyon. Ang lahat ng bagay na ito ay kumakatawan sa materyal na aspeto ng paglikha. At kung gayon, para sa Diyos, ano kaya ang napapaloob sa “lahat ng bagay” sa pariralang “kapamahalaan ng Diyos sa lahat ng bagay”? Ang mga ito ay hindi lamang kinabibilangan ng mga bagay na nakikita at nahahawakan ng mga tao; dagdag pa rito, kinabibilangan ang mga ito ng lahat ng bagay na hindi nakikita at hindi nasasalat. Ito ay isa sa tunay na mga kahulugan ng pamamahala ng Diyos sa lahat ng bagay. Kahit na ang mga bagay na ito ay hindi nakikita at hindi nasasalat ng mga tao, sa Diyos—hangga’t ang mga ito ay mapapagmasdan ng Kanyang mga mata at nasasaklawan ng Kanyang kataas-taasang kapangyarihan, ang mga ito ay talagang umiiral. Bagamat hindi konkreto at hindi mailarawan sa isip ang mga ito at bukod pa rito ay hindi nakikita at hindi nasasalat ng mga tao, sa Diyos ay tunay at talagang umiiral ang mga ito. Ito ay isa pang mundong kabilang sa lahat ng bagay na pinamamahalaan ng Diyos, at ito ay isa pang bahagi ng saklaw ng lahat ng bagay na pinamamahalaan Niya. Ito ang paksa sa ating

pagbabahagian sa araw na ito: kung paano pinamamahalaan at pinangangasiwaan ng Diyos ang espirituwal na daigdig. Yamang ang paksang ito ay sumasaklaw sa paraan ng pamamahala at pangangasiwa ng Diyos sa lahat ng bagay, ito ay may kaugnayan sa daigdig sa labas ng materyal na mundo—ang espirituwal na daigdig—at samakatwid ay lubos na kailangan nating maintindihan. Sa pamamagitan lamang ng pag-uusap at pag-unawa sa nilalamang ito totoong maiintindihan ng mga tao ang tunay na kahulugan ng mga salitang “Ang Diyos ang pinagmumulan ng buhay para sa lahat ng bagay.” Ito ang dahilan kung bakit natin tinatalakay ang paksang ito; ang layunin nito ay ang kumpletuhin ang paksang “Pinamumunuan ng Diyos ang lahat ng bagay, at pinamamahalaan ng Diyos ang lahat ng bagay.” Marahil, kapag naririnig ninyo ang paksang ito, maaaring madama ninyo na ito ay kakaiba o hindi ninyo ito maarok, ngunit anuman ang inyong maramdaman, dahil ang espirituwal na daigdig ay isang bahagi ng lahat ng bagay na pinamumunuan ng Diyos, kailangan kayong magkaroon ng pagkaunawa ukol sa paksang ito. Pagkatapos ninyong magawa ito, magkakaroon kayo ng mas malalim na pagpapahalaga, pagkaunawa at kaalaman sa linyang “Ang Diyos ang pinagmumulan ng buhay para sa lahat ng bagay.”

Paano Pinamamahalaan at Pinangangasiwaan ng Diyos ang Espirituwal na Mundo

Para sa materyal na mundo, tuwing hindi nauunawaan ng mga tao ang ilang bagay o kakaibang pangyayari, maaari silang magsaliksik para sa kaugnay na impormasyon o gumamit ng iba-ibang pamamaraan para malaman ang mga pinagsimulan at pinagmulan ng mga bagay na iyon. Ngunit pagdating sa ibang mundo na ating binabanggit ngayon—ang espirituwal na mundo, na umiiral sa labas ng materyal na mundo—ang mga tao ay talagang walang mga paraan o pamamaraan kung saan may natututuhan sila tungkol dito. Bakit Ko sinasabi ito? Sinasabi Ko ito dahil sa mundo ng sangkatauhan, lahat ng bagay sa materyal na mundo ay hindi maihihiwalay mula sa pisikal na pag-iral ng tao, at dahil nadarama ng mga tao na lahat ng bagay tungkol sa materyal na mundo ay hindi maihihiwalay sa kanilang pisikal na pamumuhay at pisikal na buhay, karamihan sa mga tao ay nalalaman, o nakikita lamang ang mga materyal na bagay na nasa harap ng kanilang mga mata na nakikita nila. Gayunman, pagdating sa espirituwal na mundo—ibig sabihin, lahat ng bagay na nasa ibang mundong iyon—makatarungang sabihin na karamihan sa mga tao ay hindi naniniwala. Dahil hindi ito nakikita ng mga tao, at naniniwala sila na hindi na kailangang maunawaan o malaman ang anuman tungkol dito, bukod pa sa kung paano ganap na naiiba ang espirituwal na mundo sa materyal na mundo at, mula sa pananaw ng Diyos, ay lantad—bagama’t, para sa mga tao, ito ay lihim at tago—samakatuwid ay hrap na hrap ang mga tao na makahanap ng isang landas tungo sa pag-unawa sa iba-ibang aspeto ng mundong ito. Ang iba’t ibang aspeto ng espirituwal na mundo na Aking babanggitin ay may kinalaman lamang sa pangangasiwa at dakilang kapangyarihan ng Diyos; hindi Ako nagbubunyag ng anumang

mga hiwaga, ni hindi Ko sinasabi sa inyo ang anuman sa mga lihim na nais ninyong malaman. Dahil may kinalaman ito sa dakilang kapangyarihan ng Diyos, pangangasiwa ng Diyos, at panustos ng Diyos, magsasalita lamang Ako tungkol sa bahaging kailangan ninyong malaman.

Una, hayaan ninyong tanungin Ko kayo: Sa inyong isipan, ano ang espirituwal na mundo? Sa pangkalahatan, ito ay isang mundo sa labas ng materyal na mundo, isang kapwa hindi nakikita at nahahawakan ng mga tao. Magkagayunman, sa inyong imahinasyon, anong klaseng mundo dapat ang espirituwal na mundo? Marahil, dahil hindi ninyo ito nakikita, hindi ninyo kayang isipin ito. Gayunman, kapag nakakarinig kayo ng mga alamat, iniisip pa rin ninyo ito, at hindi ninyo mapigilang isipin ito. Bakit Ko sinasabi ito? May isang bagay na nangyayari sa napakaraming tao kapag bata pa sila: Kapag kinukuwentuhan sila ng isang tao ng nakakatakot na kuwento—tungkol sa mga multo, o mga kaluluwa—takot na takot sila. Bakit ba sila talaga natatakot? Dahil inilalarawan nila sa kanilang isipan ang mga bagay na iyon; kahit hindi nila nakikita ang mga ito, nararamdaman nila na nasa paligid ng silid nila ang lahat ng iyon, sa isang tao o madilim na sulok, at takot na takot sila kaya hindi sila nangangahas na matulog. Lalo na sa gabi, takot na takot sila na mapag-isa sa silid nila o magsapalarang mapag-isa sa kanilang bakuran. Iyan ang espirituwal na mundo ng inyong imahinasyon, at ito ay isang mundo na iniisip ng mga tao na nakakatakot. Ang totoo ay iniisip ito ng lahat kahit paano, at medyo nararamdaman ito ng lahat.

Magsimula tayo sa pag-uusap tungkol sa espirituwal na mundo. Ano ito? Bibigyan Ko kayo ng isang maikli at simpleng paliwanag: Ang espirituwal na mundo ay isang mahalagang lugar, na naiiba sa materyal na mundo. Bakit Ko sinasabing mahalaga ito? Pag-uusapan natin ito nang detalyado. Ang pag-iral ng espirituwal na mundo ay hindi maihihiwalay ang kaugnayan sa materyal na mundo ng sangkatauhan. May malaking papel itong ginagampanan sa pag-inog ng buhay at kamatayan ng tao sa kapamahalaan ng Diyos sa lahat ng bagay; ito ang papel nito, at isa ito sa mga dahilan kaya mahalaga ang pag-iral nito. Dahil ito ay isang lugar na hindi mawari ng limang pandama, walang sinumang makakahatol nang tumpak kung umiiral nga ang espirituwal na mundo o hindi. Ang iba-ibang galaw nito ay lubhang konektado sa pag-iral ng tao, kaya naman ang kaayusan ng buhay ng sangkatauhan ay lubha ring naiimpluwensyahan ng espirituwal na mundo. Kasama ba rito ang dakilang kapangyarihan ng Diyos o hindi? Kasama. Kapag sinasabi Ko ito, nauunawaan ninyo kung bakit Ko tinatalakay ang paksang ito: Ito ay dahil may kinalaman ito sa dakilang kapangyarihan ng Diyos, gayon din sa Kanyang pangangasiwa. Sa isang mundong tulad nito—na hindi nakikita ng mga tao—bawat makalangit na utos, atas, at sistema ng pangangasiwa nito ay lubhang nangingibabaw sa mga batas at sistema ng alinmang bansa sa materyal na mundo, at walang nabubuhay na nilalang sa mundong ito ang mangangahas na salungatin o labagin ang mga ito. Nauugnay ba ito sa dakilang kapangyarihan at pangangasiwa ng Diyos? Sa espirituwal na mundo, may malilinaw na atas administratibo, malilinaw na makalangit

na utos, at malilinaw na batas. Sa iba't ibang antas at sa iba-ibang lugar, ang mga tagapaglingkod ay mahigpit na tumutupad sa kanilang mga tungkulin at sumusunod sa mga panuntunan at regulasyon, sapagkat alam nila kung ano ang ibubunga ng paglabag sa isang makalangit na utos; alam na alam nila kung paano pinarurusahan ng Diyos ang masama at ginagantimpalaan ang mabuti, at kung paano Niya pinangangasiwaan at pinamumunuan ang lahat ng bagay. Bukod pa ryan, malinaw nilang nakikita kung paano Niya isinasagawa ang Kanyang makalangit na mga utos at batas. Naiiba ba ang mga ito mula sa materyal na mundong tinitirhan ng sangkatauhan? Tunay ngang malaki ang kanilang pagkakaiba. Ang espirituwal na mundo ay isang mundo na ganap na naiiba sa materyal na mundo. Yamang may mga makalangit na utos at batas, may kinalaman ito sa dakilang kapangyarihan at pangangasiwa ng Diyos at, bukod pa ryan, sa Kanyang disposisyon, gayon din sa kung anong mayroon Siya at kung ano Siya. Nang marinig ninyo ito, hindi ba ninyo nadarama na kailangang-kailangang talakayin Ko ang paksang ito? Ayaw ba ninyong malaman ang mga lihim na likas dito? (Oo, gusto namin.) Gayon ang konsepto ng espirituwal na mundo. Bagama't umiiral ito na kasabay ng materyal na mundo, at sabay na sumasailalim sa pangangasiwa at dakilang kapangyarihan ng Diyos, ang pangangasiwa at dakilang kapangyarihan ng Diyos sa mundong ito ay mas lalong mahigpit kaysa roon sa materyal na mundo. Pagdating sa mga detalye, dapat tayong magsimula sa kung paano nananagot ang espirituwal na mundo sa gawain ng pag-inog ng buhay at kamatayan ng sangkatauhan, sapagkat malaking bahagi ito ng gawain ng mga nilalang sa espirituwal na mundo.

Sa sangkatauhan, kinakategorya Ko ang lahat ng tao sa tatlong uri. Ang una ay ang mga hindi mananampalataya, yaong mga walang paniniwala sa relihiyon. Sila ang tinatawag na mga hindi mananampalataya. Ang lubhang karamihan sa mga hindi mananampalataya ay nananampalataya lamang sa pera; nagmamalasakit lamang sila sa sarili nilang mga interes, materyalistiko, at naniniwala lamang sa materyal na mundo—hindi sila naniniwala sa pag-inog ng buhay at kamatayan, o sa anumang sinabi tungkol sa mga diwata at multo. Kinakategorya Ko ang mga taong ito bilang mga hindi mananampalataya, at sila ang unang uri. Ang pangalawang uri ay kinabibilangan ng iba-ibang taong may pananampalataya na hiwalay sa mga hindi mananampalataya. Sa sangkatauhan, hinahati Ko ang mga taong ito na may pananampalataya sa ilang pangunahing grupo: Ang una ay Hudyo, ang pangalawa ay Katoliko, ang pangatlo ay Kristiyano, ang pang-apat ay Muslim, at ang panlima ay Buddhist; may limang klase. Ito ang iba-ibang klase ng mga taong may pananampalataya. Ang pangatlong uri ay kinabibilangan ng mga naniniwala sa Diyos, at kasama kayo rito. Ang mga mananampalatayang iyon ay yaong mga sumusunod sa Diyos ngayon. Ang mga taong ito ay nahahati sa dalawang klase: Ang mga taong hinirang ng Diyos, at ang mga tagasilbi. Malinaw nang nakita ang pagkakaiba ng mga pangunahing uring ito. Sa gayon, malinaw na ninyong nalalaman ang pagkakaiba sa inyong isipan sa pagitan ng mga uri at ranggo ng mga tao, hindi ba? Ang unang uri ay binubuo ng mga

hindi mananampalataya, at sinabi Ko na kung ano sila. Nabibilang ba sa mga hindi mananampalataya yaong mga nananampalataya sa Matandang Lalaki sa Langit? Maraming hindi mananampalataya ang naniniwala lamang sa Matandang Lalaki sa Langit; naniniwala sila na ang hangin, ulan, kulog, at iba pa ay pawang kontrolado nito kung kanino sila umaasa sa pagtanim ng mga pananim at sa pag-aani—subalit kapag nababanggit ang paniniwala sa Diyos, ayaw nilang maniwala sa Kanya. Matatawag ba itong pagkakaroon ng pananampalataya? Kabilang ang gayong mga tao sa mga hindi mananampalataya. Nauunawaan ninyo ito, tama ba? Huwag kayong magkakamali sa mga kategoryang ito. Ang pangalawang uri ay kinabibilangan ng mga taong may pananampalataya, at ang pangatlong uri ay yaong mga kasalukuyang sumusunod sa Diyos. Kung gayon, bakit Ko hinati ang lahat ng tao sa mga uring ito? (Dahil ang iba-ibang uri ng mga tao ay may magkakaibang katapusan at patutunguhan.) Iyan ang isang aspeto nito. Kapag nagbalik ang iba-ibang lahi at uri ng mga taong ito sa espirituwal na mundo, bawat isa sa kanila ay magkakaroon ng ibang lugar na pupuntahan at isasailalim sa iba-ibang batas ng pag-inog ng buhay at kamatayan, kaya nga kinategorya Ko ang mga tao sa mga pangunahing uring ito.

a. Ang Siklo ng Buhay at Kamatayan ng mga Hindi Mananampalataya

Magsimula tayo sa siklo ng buhay at kamatayan ng mga hindi mananampalataya. Pagkatapos mamatay, ang isang tao ay kinukuha ng isang tagapapag-alaga mula sa espirituwal na mundo. Ano ba talaga ang kinukuha sa isang tao? Hindi ang kanyang laman, kundi ang kanyang kaluluwa. Kapag kinukuha ang kanyang kaluluwa, dumarating siya sa isang lugar na isang sangay ng espirituwal na mundo na tumatanggap lalo na sa kaluluwa ng mga taong kamamatay pa lamang. Iyon ang unang lugar na pinupuntahan ng sinuman pagkatapos mamatay, na kakatwa sa kaluluwa. Kapag dinala sila sa lugar na ito, isang opisyal ang nagsasagawa ng unang mga pagsisiyasat, tinitiyak ang kanilang pangalan, tirahan, edad, at lahat ng kanilang karanasan. Lahat ng ginawa nila noong nabubuhay pa sila ay nakatala sa isang aklat at tinitiyak kung tumpak. Matapos siyasatin ang lahat ng ito, ang pag-uugali at mga kilos ng tao sa buong buhay nila ay ginagamit upang pagpasiyahan kung sila ay parurusahan o patuloy na magkakaroong muli ng katawan bilang isang tao, na siyang unang yugto. Nakakatakot ba ang unang yugtong ito? Hindi ito gaanong nakakatakot, dahil ang nangyari lamang naman ay dumating na ang tao sa isang madilim at di-pamilyar na lugar.

Sa ikalawang yugto, kung maraming nagawang masama ang taong ito sa buong buhay nila at nakagawa ng maraming masasamang gawa, dadalhin sila sa isang lugar ng kaparusahan para pakitunguhan. Iyon ang magiging lugar na talagang ginagamit para sa kaparusahan ng mga tao. Ang mga detalye kung paano sila parurusahan ay nakasalalay sa mga kasalanang kanilang nagawa, gayon din kung ilang masasamang bagay ang kanilang ginawa bago sila namatay—ito ang unang sitwasyong nangyayari sa ikalawang yugtong ito. Dahil sa masasamang bagay na kanilang ginawa at sa

kasamaang kanilang ginawa bago sila namatay, kapag sila ay nagkaroong muli ng katawan matapos silang parusahan—kapag sila ay muling isinilang sa materyal na mundo—patuloy na magiging tao ang ilang tao, samantalang ang iba ay magiging mga hayop. Ibig sabihin, matapos bumalik ang tao mula sa espirituwal na mundo, pinarurusahan sila dahil sa kasamaang kanilang nagawa; bukod pa ryan, dahil sa masasamang bagay na kanilang nagawa, sa susunod nilang pagkakaroon muli ng katawan ay malamang na hindi sila babalik bilang tao, kundi bilang hayop. Ang iba’t ibang hayop na maaari nilang kahinatnan ay mga baka, kabayo, baboy, at aso. Ang ilang tao ay maaaring ipanganak na muli bilang mga ibon, o pato o gansa.... Matapos silang magkaroong muli ng katawan bilang mga hayop, kapag namatay silang muli, babalik sila sa espirituwal na mundo. Doon, tulad ng dati, batay sa kanilang pag-uugali bago sila namatay, ang espirituwal na mundo ang magpapasiya kung maaari silang magkaroong muli ng katawan bilang mga tao o hindi. Karamihan sa mga tao ay nakakagawa ng napakaraming kasamaan, at napakabigat ng kanilang mga kasalanan, kaya kailangan silang magkaroon ng katawan bilang mga hayop nang pito hanggang labindalawang beses. Pito hanggang labindalawang beses—hindi ba nakakatakot iyon? (Nakakatakot nga.) Ano ang kinatatakutan ninyo? Ang isang tao na nagiging isang hayop—iyon ang nakatatakot. At para sa isang tao, ano ang pinakamasasakit na bagay tungkol sa pagiging isang hayop? Hindi ka makapagsalita, simple lamang ang mga iniisip mo, ang nagagawa mo lamang ay mga bagay na ginagawa ng mga hayop at ang nakakain mo lamang ay mga bagay na kinakain ng mga hayop, simple ang pag-iisip at pagpapahayag ng sarili sa mga kilos ng iyong katawan ng isang hayop, hindi ka makalakad nang tuwid, hindi mo magawang makipag-usap sa mga tao, at ang katotohanan na walang pag-uugali o mga aktibidad ng mga tao ang may anumang kaugnayan sa mga hayop. Ibig sabihin, sa lahat ng bagay, ang pagiging hayop ay ginagawa kayong pinakamababa sa lahat ng nilalang na may buhay at kinasasangkutan ng mas marami pang pagdurusa kaysa pagiging tao. Ito ay isang aspeto ng kaparusahan ng espirituwal na mundo sa mga nakagawa ng napakaraming kasamaan at nakagawa ng mabibigat na kasalanan. Pagdating sa tindi ng kanilang kaparusahan, pinagpapasiyahan ito ayon sa anumang klaseng hayop ang kinahinatnan nila. Halimbawa, mas mainam bang maging baboy kaysa maging aso? Mas mainam ba ang buhay ng baboy kaysa sa aso? Mas malala, hindi ba? Kung naging mga baka o kabayo ang mga tao, mas mainam kaya ang magiging buhay nila kaysa sa mga baboy o mas malala? (Mas mainam.) Magiging mas komportable ba kung ipanganak na pusa ang isang tao? Magiging hayop pa rin siya, at magiging mas madali ang maging pusa kaysa maging baka o kabayo, dahil nagagawa ng mga pusa na magpakatamad. Mas matrabaho ang maging baka o kabayo. Samakatuwid, kung magkaroong muli ng katawan ang tao bilang baka o kabayo, kailangan nilang magpakasipag—na katulad ng malupit na kaparusahan. Ang maging aso ay medyo mas mainam kaysa maging baka o kabayo, dahil mas malapit ang relasyon ng aso sa amo nito. Ang ilang aso, matapos maging alaga nang ilang taon, ay

nauunawaan ang marami sa sinasabi ng kanilang amo. Kung minsan, kayang umakma ng isang aso sa nararamdaman at mga kinakailangan ng amo nito at tinatrato ng amo ang aso nang mas mainam, at kumakain at umiinom nang mas mainam ang aso, at kapag nasasaktan ito, mas inaalagaan ito. Kung gayon ay hindi ba mas masaya ang buhay ng aso? Sa gayon, mas mainam ang maging aso kaysa maging baka o kabayo. Dito, ang katindihan ng parusa sa tao ang nagpapasiya kung ilang beses magkakaroong muli ng katawan ang isang tao bilang hayop, at maging kung anong uri.

Dahil nakagawa sila ng napakaraming kasalanan habang sila ay nabubuhay, pinaparusahan ang ilang tao sa pamamagitan ng pagkakaroong muli ng katawan bilang mga hayop nang pito hanggang labindalawang beses. Matapos maparusahan nang sapat nang ilang beses, pagbalik nila sa espirituwal na mundo, dinadala sila sa ibang lugar—isang lugar kung saan naparusahan na ang iba-ibang kaluluwa at kauri niyaong naghahandang magkaroong muli ng katawan bilang mga tao. Sa lokasyong ito, kinakategorya ang bawat kaluluwa ayon sa uri alinsunod sa klase kung saan sila isisilang, anong uri ng tungkulin ang kanilang gagampanan kapag muli na silang nagkaroon ng katawan, at iba pa. Halimbawa, ang ilang tao ay magiging mga mang-aawit pagdating nila sa mundong ito, kaya isinasama sila sa mga mang-aawit; ang ilan ay magiging mga negosyante pagdating nila sa mundong ito, kaya nga isinasama sila sa mga negosyante; at kung magiging mananaliksik sa siyensya ang isang tao matapos maging tao, isinasama sila sa mga mananaliksik sa siyensya. Matapos silang uriin, ipinadadala ang bawat isa ayon sa ibang panahon at takdang petsa, tulad lamang ng pagpapadala ng mga tao ng mga e-mail ngayon. Dito ay makukumpleto ang isang siklo ng buhay at kamatayan. Mula sa araw na dumating ang tao sa espirituwal na mundo hanggang sa katapusan ng kanilang kaparusahan, o hanggang sa muli silang magkaroon ng katawan nang maraming beses bilang hayop at naghahandang magkaroong muli ng katawan bilang tao, kumpleto na ang prosesong ito.

At para doon sa mga tapos nang parusahan at hindi na nagkaroong muli ng katawan bilang mga hayop, agad ba silang ipadadala sa materyal na mundo para magkaroon ng katawan bilang mga tao? O, gaano katagal bago sila makarating sa piling ng mga tao? Gaano kadalas ito maaaring mangyari? May mga pansamantalang paghihigpit doon. Lahat ng nangyayari sa espirituwal na mundo ay napapailalim sa tamang pansamantalang mga paghihigpit at panuntunan—na kung ipaliliwanag Ko gamit ang mga numero ay mauunawaan ninyo. Para sa mga nagkakaroong muli ng katawan sa loob ng maikling panahon, kapag namatay sila, nagawa na ang mga paghahanda para magkaroon silang muli ng katawan bilang tao. Ang pinakamaikling panahon na maaaring mangyari ito ay tatlong araw. Para sa ilang tao, inaabot ito ng tatlong buwan, para sa ilan ay inaabot ito ng tatlong taon, para sa ilan ay inaabot ito ng tatlong taon, para sa ilan ito ay inaabot ng tatlong daang taon, at iba pa. Kaya, ano ang masasabi tungkol sa pansamantalang mga panuntunang ito, at ano ang mga detalye ng mga ito? Ang mga ito ay batay sa kung ano ang kailangan ng materyal na mundo—ng mundo ng tao—mula sa isang kaluluwa,

at sa papel na dapat gampanan ng kaluluwang ito dito sa mundo. Kapag nagkaroong muli ng katawan ang mga tao bilang ordinaryong mga tao, karamihan sa kanila ay nagkakaroon muli ng katawan nang napakabilis, dahil malaki ang pangangailangan ng mundo ng tao sa gayong ordinaryong mga tao—kaya nga, pagkaraan ng tatlong araw, muli silang ipinadadala sa isang pamilyang lubos na naiiba sa kinabilangan nila bago sila namatay. Gayunman, may ilang gumaganap sa isang espesyal na papel dito sa mundo. Ang ibig sabihin ng “espesyal” ay na walang malaking pangangailangan para sa mga taong ito sa mundo ng tao; hindi kailangan ang maraming tao para gumanap sa gayong papel, kaya maaari itong abutin ng tatlong daang taon. Sa madaling salita, minsan lamang darating ang kaluluwang ito kada tatlong daang taon, o maaari pang minsan kada tatlong libong taon. Bakit ganito? Dahil iyan sa katotohanan na tatlong daang taon man o tatlong libong taon, hindi kailangan ang gayong papel sa mundo ng tao, kaya nga nananatili sila sa isang lugar sa espirituwal na mundo. Ipaghalimbawa na si Confucius: Nagkaroon siya ng malaking impluwensya sa tradisyonal na kulturang Tsino, at ang kanyang pagdating ay nakaapekto nang malaki sa kultura, kaalaman, tradisyon, at ideolohiya ng mga tao sa panahong iyon. Gayunman, ang isang taong katulad nito ay hindi kailangan sa bawat panahon, kaya kinailangan niyang manatili sa espirituwal na mundo, naghihintay roon nang tatlong daan o tatlong libong taon bago magkaroong muli ng katawan. Dahil hindi kailangan sa mundo ng tao ang isang taong kagaya nito, kinailangan niyang maghintay nang walang ginagawa, sapagkat lubhang kakaunti ang mga papel na katulad ng sa kanya, at lubhang kakaunti ang gagawin niya. Dahil diyan, halos sa buong panahong iyon ay kinailangan niyang manatili sa isang lugar sa espirituwal na mundo, na walang ginagawa, para ipadala kapag kinailangan siya sa mundo ng mga tao. Gayon ang mga pansamantalang panuntunan sa espirituwal na dako para sa dalas ng pagkakaroon ng katawan ng karamihan sa mga tao. Ordinaryo man o espesyal ang mga tao, may angkop na mga panuntunan at tamang mga gawi ang espirituwal na mundo para sa pagpoproseso ng kanilang pagkakaroon muli ng katawan, at ang mga panuntunan at gawing ito ay ipinadadala mula sa Diyos, hindi pinagpapasiyahan o kontrolado ng sinumang tagapamahala o nilalang sa espirituwal na mundo. Nauunawaan na ninyo ito ngayon, hindi ba?

Para sa anumang kaluluwa, ang pagkakaroon nitong muli ng katawan, ang papel nito sa buhay na ito, saang pamilya sila isisilang, at ano ang magiging buhay nila ay malaki ang kaugnayan sa nakaraang buhay ng kaluluwa. Lahat ng klase ng mga tao ay nagpupunta sa mundo ng tao, at ang mga papel na kanilang ginagampanan ay magkakaiba, tulad ng mga gawaing kanilang isinasagawa. At ano ang mga gawaing ito? Dumarating ang ilang tao para magbayad ng mga utang: Kung napakalaki ng inutang nilang pera sa iba sa nakaraan nilang buhay, dumarating sila upang bayaran ang mga utang na iyon sa buhay na ito. Ang ilang tao, samantala, ay naparito para maningil ng mga pautang: Niloko sila sa napakaraming bagay at napakaraming pera sa mga nakaraan nilang buhay; dahil dito, pagdating nila sa espirituwal na mundo, binibigyan

sila nito ng katarungan at tinutulutan silang maningil ng kanilang mga pautang sa buhay na ito. Ang ilang tao ay naparito para magbayad ng utang na loob: Sa nakaraang buhay—ibig sabihin, sa kanilang nakaraang pagkakaroong muli ng katawan—naging mabait sa kanila ang isang tao, at dahil nabigyan ng pagkakataong magkaroong muli ng katawan sa buhay na ito, muli silang isinilang para bayaran ang mga utang na loob na iyon. Ang iba naman, samantala, ay muling naisilang sa buhay na ito para kumitil ng mga buhay. At kaninong buhay ang kanilang kikitilin? Kinikitil nila ang buhay ng mga taong pumatay sa kanila sa mga nakaraan nilang buhay. Sa kabuuan, ang kasalukuyang buhay ng bawat tao ay may malaking koneksyon sa kanilang mga nakaraang buhay; ang koneksyong ito ay imposibleng paghiwalayin. Ibig sabihin, ang kasalukuyang buhay ng bawat tao ay lubhang apektado ng kanilang nakaraang buhay. Halimbawa, sabihin natin na bago siya namatay, dinaya ni Zhang si Li ng napakalaking pera. Kung gayon ay may utang ba si Zhang kay Li? Oo, kaya natural ba na dapat singilin ni Li ang utang ni Zhang sa kanya? Dahil dito, nang mamatay sila, may isang pagkakautang sa pagitan nila na kailangang mabayaran. Kapag nagkaroon silang muli ng katawan at naging tao si Zhang, paano siya sisingilin ni Li sa kanyang pagkakautang? Ang isang pamamaraan ay ang muling maisilang bilang anak ni Zhang; kikita ng malaking pera si Zhang, na lulustayin naman ni Li. Gaano man kalaking pera ang kitain ni Zhang, hindi iyon magiging sapat kailanman; at samantala, ang kanyang anak, sa kung anong dahilan, ay laging lulustayin ang pera ng kanyang ama sa iba-ibang kaparaanan. Magtataka si Zhang at mag-iisip, “Bakit laging naghahatid ng kamalasan ang anak kong ito? Bakit napakaganda ng ugali ng mga anak ng ibang mga tao? Bakit walang ambisyon ang sarili kong anak, bakit napakawala niyang silbi at wala siyang kakayahang kumita ng anumang pera, at bakit lagi ko siyang kailangang suportahan? Dahil kailangan ko siyang suportahan, gagawin ko—ngunit bakit magkano man ang ibigay ko sa kanya, lagi niyang kailangan ng mas marami? Bakit hindi niya magawang maging tapat sa trabaho sa loob ng isang araw, at sa halip ay ginagawa niya ang lahat ng klaseng bagay tulad ng paglalakwatsa, pagkain, pag-inom ng alak, pambababae at pagsusugal? Ano ba ang nangyayari?” Sa gayon mag-isip sandali si Zhang, “Maaaring dahil may utang ako sa kanya mula sa isang nakaraang buhay. Kung gayon, babayaran ko iyon! Hindi ito matatapos hangga’t hindi ko iyon nababayaran nang buo!” Maaaring dumating ang araw na mabawi na talaga ni Li ang kanyang pautang, at pagsapit niya sa kanyang apatnapu o limampung taong gulang, baka-sakaling bigla siyang matauhan, at matanto niyang, “Wala akong nagawa ni isang mabuting bagay sa unang buong kalahati ng buhay ko! Nalustay ko ang lahat ng perang kinita ng aking ama, kaya dapat akong magsimulang maging mabuting tao! Patitibayin ko ang sarili ko; magiging isa akong taong tapat at mamumuhay nang wasto, at hindi na ako muling maghahatid ng dalamhati sa aking ama!” Bakit niya iniisip ito? Bakit siya biglang nagbago at nagpakabuti? May dahilan ba ito? Ano ang dahilan? (Dahil nasingil na ni Li ang kanyang pautang; nabayaran na ni Zhang ang kanyang utang.) Dito, mayroong sanhi at epekto. Nagsimula

ang kuwento noong napakatagal na panahon, bago pa ang kasalukuyan nilang buhay; ang kuwento ng nakaraan nilang buhay ay nadala sa kasalukuyan, at hindi masisisi ang isa't isa. Anuman ang itinuro ni Zhang sa kanyang anak, hindi nakinig ang kanyang anak kailanman ni hindi nagtrabaho nang tapat sa loob ng isang araw. Subalit sa araw na nabayaran ang utang, hindi na kinailangang turuan ang kanyang anak—natural siyang nakaunawa. Ito ay isang simpleng halimbawa. Marami bang ganitong halimbawa? (Oo, marami.) Ano ang sinasabi nito sa mga tao? (Na dapat silang maging mabuti at huwag silang gumawa ng masama.) Na dapat ay huwag silang gumawa ng masama, at magkakaroon ng paghihiganti sa kanilang masasamang gawa! Karamihan sa mga taong hindi mananampalataya ay gumagawa ng maraming kasamaan, at nagkaroon ng ganti ang kanilang masasamang gawa, tama ba? Gayunman, hindi ba makatwiran ang paghihiganting ito? Sa bawat kilos, may nangyari at may isang dahilan sa likod ng ganti rito. Palagay mo ba walang mangyayari sa iyo matapos mong dayain sa pera ang isang tao? Palagay mo ba, matapos mong kunin ang perang iyon, wala kang haharaping anumang mga bunga? Imposible iyan; may mga ibubunga talaga iyan! Sino man sila o maniwalang man sila o hindi na mayroong Diyos, kailangang managot ang bawat tao para sa sarili nilang pag-uugali at tiisin ang mga ibubunga ng kanilang mga kilos. Tungkol sa simpleng halimbawang ito—ang pagpaparusa kay Zhang, at pagbabayad kay Li—hindi ba ito makatarungan? Kapag gumagawa ang mga tao ng gayong mga bagay, ito ang nagiging resulta. Hindi ito maihihiwalay sa pangangasiwa ng espirituwal na mundo. Sa kabila ng kanilang pagiging mga hindi mananampalataya, ang pag-iral ng mga hindi naniniwala sa Diyos ay napapailalim sa ganitong mga uri ng makalangit na mga utos at atas. Walang sinumang makatatakas sa mga ito, at walang sinumang makakaiwas sa realidad na ito.

Yaong mga walang pananampalataya ay kadalasang naniniwala na lahat ng nakikita ng mga tao ay umiiral, samantalang lahat ng hindi nakikita, o napakalayo sa mga tao, ay hindi. Mas gusto nilang maniwalang walang “siklo ng buhay at kamatayan,” at na walang “kaparusahan”; sa gayon, wala silang pakialam kung magkasala man sila at makagawa ng masama. Pagkatapos nito, pinarurusahan sila, o muli silang nagkakaroon ng katawan bilang mga hayop. Karamihan sa iba-ibang uri ng mga tao sa mga hindi mananampalataya ay nahuhulog sa paulit-ulit na pagkakamaling ito. Ito ay dahil hindi nila alam na ang espirituwal na mundo ay mahigpit sa pangangasiwa nito ng lahat ng nilalang na may buhay. Naniniwala ka man o hindi, ang katotohanang ito ay umiiral, sapagkat wala ni isang tao o bagay ang makakatakas sa saklaw ng namamasdan ng mga mata ng Diyos, at wala ni isang tao o bagay ang makakatakas sa mga panuntunan at limitasyon ng Kanyang makalangit na mga utos at atas. Sa gayon, sinasabi ng simpleng halimbawang ito sa lahat na naniniwala ka man sa Diyos o hindi, hindi katanggap-tanggap ang magkasala at gumawa ng masama, at na lahat ng kilos ay may mga ibinubunga. Kapag pinarurusahan ang isang taong nandaya ng iba sa pera, makatarungan ang gayong kaparusahan. Ang pag-uugaling katulad nito na karaniwang nakikita ay

pinarurusahan sa espirituwal na mundo, at ang gayong kaparusahan ay inihahatid ng mga atas at makalangit na utos ng Diyos. Samakatuwid, ang talamak na kriminal at masamang asal—panggagahasa at pandarambong, panloloko at panlilinlang, pagnanakaw at panloloob, pagpatay at panununog, at iba pa—ay mas ipinaiiilalim sa iba’t ibang kaparusahan na may iba-ibang katindihan. Ano ang kabilang sa mga kaparusahang ito na may iba-ibang katindihan? Ang ilan sa mga ito ay nagtatatag ng antas ng katindihan gamit ang oras, samantalang ang ilan ay ginagawa iyon sa pamamagitan ng magkakaibang pamamaraan; ang iba naman ay ginagawa iyon sa pamamagitan ng pagtukoy kung saan nagpupunta ang mga tao kapag nagkakaroon silang muli ng katawan. Halimbawa, mahalay ang bibig ng ilang tao. Ano ang tinutukoy ng pagiging “mahalay ang bibig”? Ang ibig sabihin nito ay madalas na pagmumura sa iba at paggamit ng masamang pananalita na nagmumura sa iba. Ano ang ipinahihiwatig ng masamang pananalita? Ipinahihiwatig nito na ang isang tao ay may masamang puso. Ang masamang pananalita na minumura ang iba ay kadalasang nagmumula sa mga bibig ng gayong mga tao, at ang gayong masamang pananalita ay matindi ang hatid na mga bunga. Kapag namatay na ang mga taong ito at natanggap na nila ang angkop na parusa, maaari silang muling isilang bilang mga pipi. Nakapatuso ng ilang tao habang nabubuhay pa sila; madalas silang nagsasamantala sa iba, ang maliliit na pakana nila ay partikular na planadung-planado, at labis nilang ipinapahamak ang mga tao. Kapag sila ay muling isinilang, maaaring bilang mga sintu-sinto o mga taong may kapansanan sa pag-iisip. Ang ilang tao ay madalas sumilip sa pribadong gawain ng iba; maraming nakikita ang kanilang mga mata na dapat maging lihim sa kanila, at marami silang natututuhan na hindi nila dapat malaman. Dahil dito, kapag sila ay muling isinilang, maaaring sila ay bulag. Ang ilang tao ay masyadong listo habang sila ay nabubuhay; madalas silang nakikipag-away at gumagawa ng maraming kasamaan. Dahil dito, maaari silang muling isilang na may kapansanan, lumpo, o walang isang kamay; kung hindi ay maaari silang magkaroong muli ng katawan bilang mga kuba o tabingi ang leeg, maglakad nang paika-ika, o mas maikli ang isang paa kaysa sa kabila, at iba pa. Dito, napailalim sila sa iba-ibang kaparusahan batay sa mga antas ng kasamaang ginawa nila habang sila ay nabubuhay. Sa palagay ninyo, bakit duling ang ilang tao? Maraming tao bang ganoon? Sa mga panahong ito hindi lamang sila kakaunti. Ang ilang tao ay duling dahil sa nakaraan nilang buhay, masyado nilang ginamit ang kanilang mga mata at napakarami nilang ginawang masama, kaya isilang sila sa buhay na ito na duling, at sa malulubhang kaso, bulag pa sila nang isilang. Ito ay paghihiganti! Maganda silang makisama sa iba bago sila mamatay; marami silang ginagawang mabuti para sa kanilang mga kamag-anak, kaibigan, kasamahan, o mga taong konektado sa kanila. Nagbibigay sila sa kawanggawa at nagmamalasakit sa iba, o tinutulungan sila sa pagbibigay ng pera, at mataas ang tingin ng mga tao sa kanila. Kapag nagbalik ang gayong mga tao sa espirituwal na mundo, hindi sila pinarurusahan. Ang hindi maparusahan ang isang hindi mananampalataya sa anumang paraan ay nangangahulugan na sila ay naging napakabuting tao. Sa

halip na maniwala sa pag-iral ng Diyos, naniniwala lamang sila sa Matandang Lalaki sa Langit. Ang gayong tao ay naniniwala lamang na may espiritu sa itaas nila, na pinanonood ang lahat ng ginagawa nila—iyon lamang ang pinaniniwalaan ng taong ito. Ang resulta ay na mas maganda ang ugali ng taong ito. Ang gayong mga tao ay mabait at mapagkawanggawa, at kapag sa huli ay bumalik sila sa espirituwal na mundo, napakaganda ng magiging pagtrato noon sa kanila, at agad silang magkakaroong muli ng katawan. Kapag sila ay muling isinilang, sa anong uri ng pamilya sila darating? Bagama't ang gayong mga pamilya ay hindi magiging mayaman, magiging malaya ito sa anumang kapinsalaan, at magkakasundo ang kanilang mga miyembro; doon, ang mga taong ito na nagkaroong muli ng katawan ay magkakaroong ng ligtas at masasayang araw, at lahat ay magagalak at magiging maganda ang buhay. Kapag ang mga taong ito ay nasa hustong gulang na, magkakaroong sila ng malalaki at malalawak na angkan, magkakaroong ng maraming talento at magtatagumpay ang kanilang mga anak, at magtatamasa ng magandang kapalaran ang kanilang pamilya—at ang gayong kalalabasan ay lubhang konektado sa nakaraang buhay ng mga tao. Ibig sabihin, saan pupunta ang mga tao kapag namatay sila at nagkaroong muli ng katawan, lalaki ba sila o babae, ano ang kanilang misyon, ano ang pagdaraan nila sa buhay, anong mga problema ang titiisin nila, anong mga pagpapala ang tatamasahin nila, sino ang makikilala nila, at ano ang mangyayari sa kanila—walang makakahula ng mga bagay na ito, makakaiwas sa mga ito, o makakapagtago mula sa mga ito. Ibig sabihin, kapag naitakda na ang buhay mo, anuman ang mangyari sa iyo—paano mo man subukang iwasan ito, at sa anumang kaparaanan—walang paraan para labagin mo ang pag-inog ng buhay na itinakda ng Diyos para sa iyo sa espirituwal na mundo. Sapagkat kapag nagkaroong kang muli ng katawan, naitakda na ang kapalaran ng buhay mo. Mabuti man iyon o masama, dapat itong harapin ng lahat at magpatuloy sila sa pagsulong. Ito ay isang isyung hindi maiiwasan ng sinumang nabubuhay sa mundong ito, at walang isyu na mas totoo. Naunawaan na ninyong lahat ang lahat ng sinasabi Ko, hindi ba?

Yamang naunawaan na ninyo ang mga bagay na ito, nakita na ba ninyo ngayon na may napakahirap at napakahigpit na mga pagsisiyasat at pangangasiwa ang Diyos para sa siklo ng buhay at kamatayan ng mga hindi mananampalataya? Una, nagtatag na Siya ng iba-ibang makalangit na mga utos, atas, at sistema sa espirituwal na dako, at kapag naipahayag na ang mga ito, ipinatutupad ang mga ito nang napakahigpit, ayon sa itinakda ng Diyos, ng mga nilalang sa iba-ibang opisyal na katungkulan sa espirituwal na mundo, at walang sinumang mangangahas na labagin ang mga ito. Samakatuwid, sa siklo ng buhay at kamatayan ng sangkatauhan sa mundo ng tao, nagkaroong mang muli ng katawan ang isang tao bilang hayop o bilang tao, may mga batas para sa dalawang ito. Dahil ang mga batas na ito ay nagmumula sa Diyos, walang sinumang nangangahas na suwayin ang mga ito, ni walang sinumang nakakasuway sa mga ito. Dahil lamang sa dakilang kapangyarihang ito ng Diyos, at dahil umiiral ang gayong mga batas, kaya regular at maayos ang materyal na mundong nakikita ng mga tao; dahil

lamang sa dakilang kapangyarihang ito ng Diyos kaya nagagawa ng sangkatauhan na sumabay sa pag-iral nang payapa sa ibang mundong lubos nilang hindi nakikita, at nagagawang mabuhay na kasundo nito—na lahat ay hindi maihihiwalay sa dakilang kapangyarihan ng Diyos. Pagkamatay ng buhay sa laman ng isang tao, may buhay pa rin ang kaluluwa, kaya nga ano ang mangyayari kung wala ito sa ilalim ng pangangasiwa ng Diyos? Gagala ang kaluluwa sa buong lugar, manghihimasok kahit saan, at pipinsalain pa ang mga bagay na may buhay sa mundo ng tao. Ang gayong pinsala ay hindi lamang gagawin sa sangkatauhan kundi maaari ding gawin sa mga halaman at hayop—gayunman, ang unang mapipinsala ay ang mga tao. Kung mangyayari ito—kung ang kaluluwang ito ay hindi napangasiwaan, tunay na puminsala sa mga tao, at talagang gumawa ng masasamang bagay—maayos ding pakikitunguhan ang kaluluwang ito sa espirituwal na mundo: Kung malubha ang mga bagay-bagay, hindi magtatagal at titigil sa pag-iral ang kaluluwa, at wawasakin. Kung maaari, ilalagay ito sa isang lugar at pagkatapos ay magkakaroong muli ng katawan. Ibig sabihin, itinakda na ang pangangasiwa ng espirituwal na mundo sa iba-ibang kaluluwa, at ipinatutupad alinsunod sa mga hakbang at panuntunan. Dahil lamang sa gayong pangangasiwa kaya hindi pa nagkakagulo sa materyal na mundo ng tao, kaya ang mga tao sa materyal na mundo ay nagtataglay ng normal na mentalidad, normal na pagkamakatwiran, at isang isinaayos na buhay sa laman. Pagkatapos magkaroon ng gayong normal na buhay ang sangkatauhan, saka lamang magagawa ng mga nabubuhay sa laman na patuloy na mabuhay at magparami sa lahat ng henerasyon.

Ano ang palagay ninyo sa mga salitang karirinig pa lamang ninyo? Bago ba ang mga ito sa inyo? At anong uri ng mga impresyon ang napasainyo sa mga paksang ibinahagi ngayon? Maliban sa kabaguhan ng mga ito, may iba pa ba kayong nadarama? (Dapat maging maganda ang ugali ng mga tao, at nakikita namin na dakila ang Diyos at dapat pagpitaganan.) (Pagkarinig pa lamang sa pakikipagngiti ng Diyos kung paano ipinaplano ng Diyos ang katapusan ng iba-ibang uri ng mga tao, sa isang banda ay nadarama ko na hindi pinahihintulutan ng Kanyang disposisyon ang anumang pagkakasala, at na kailangan ko Siyang pagpitaganan; sa kabilang banda, batid ko kung anong uri ng mga tao ang gusto ng Diyos, at kung anong uri ang ayaw Niya, kaya nais kong mapabilang sa mga gusto Niya.) Nakikita ba ninyo na maprinsipyo ang Diyos sa Kanyang mga kilos sa aspetong ito? Ano ang mga prinsipyong pinagbabatayan ng Kanyang mga kilos? (Itinatakda Niya ang katapusan ng mga tao ayon sa lahat ng kanilang ginagawa.) Tungkol ito sa iba-ibang katapusan para sa mga hindi mananampalataya na katatalakay pa lamang natin. Pagdating sa mga hindi mananampalataya, paggantimpala ba sa mabubuti at pagpaparusa sa masasama ang prinsipyo sa likod ng mga kilos ng Diyos? Mayroon bang anumang mga eksepsyon? (Wala.) Nakikita ba ninyo na may isang prinsipyo sa likod ng mga kilos ng Diyos? Hindi talaga naniniwala sa Diyos ang mga hindi mananampalataya, ni hindi sila nagpapasakop sa Kanyang mga pagsasaayos. Dagdag pa rito, wala silang kamalayan sa Kanyang dakilang kapangyarihan, lalong hindi

nila Siya kinikilala. Ang mas malala pa, nilalapastangan nila ang Diyos, at isinusumpa Siya, at galit sila sa mga naniniwala sa Diyos. Sa kabila ng saloobin nilang ito sa Diyos, hindi pa rin lumilihis sa Kanyang mga prinsipyo ang pangangasiwa Niya sa kanila; pinangangasiwaan Niya sila sa isang maayos na paraan, alinsunod sa Kanyang mga prinsipyo at Kanyang disposisyon. Ano ang tingin Niya sa kanilang pagkagalit? Kamangmangan! Dahil dito, pinangyari na Niyang magkaroong muli ng katawan ang mga taong ito—ibig sabihin, ang karamihan sa mga hindi mananampalataya—bilang mga hayop noong araw. Kaya, sa mga mata ng Diyos, ano ba talaga ang mga hindi mananampalataya? Silang lahat ay mga hayop. Pinangangasiwaan ng Diyos ang mga hayop at maging ang sangkatauhan, at pareho rin ang Kanyang mga prinsipyo para sa gayong mga tao. Kahit sa Kanyang pangangasiwa sa mga taong ito, makikita pa rin ang Kanyang disposisyon, gayundin ang Kanyang mga batas sa likod ng Kanyang kapamahalaan sa lahat ng bagay. Kaya nga, nakikita ba ninyo ang dakilang kapangyarihan ng Diyos sa mga prinsipyong pinagbabatayan ng Kanyang pangangasiwa sa mga hindi mananampalataya na kababanggit Ko pa lamang? Nakikita ba ninyo ang matuwid na disposisyon ng Diyos? (Oo.) Sa madaling salita, alinman sa lahat ng bagay ang pinakikitunguhan Niya, kumikilos ang Diyos ayon sa Kanyang sariling mga prinsipyo at disposisyon. Ito ang diwa ng Diyos; hindi Siya kailanman basta na lamang hihiwalay sa mga atas o makalangit na mga utos na Kanyang itinakda dahil lamang sa itinaturing Niya ang gayong mga tao bilang mga hayop. Kumikilos ang Diyos ayon sa prinsipyo, ni katiting ay hindi walang habas, at ang Kanyang mga kilos ay lubos na hindi apektado ng anumang bagay. Lahat ng Kanyang ginagawa ay sumusunod sa Kanyang sariling mga prinsipyo. Ito ay dahil ang Diyos ay nagtataglay ng diwa ng Diyos Mismo; ito ay isang aspeto ng Kanyang diwa na hindi taglay ng anumang nilikha. Maingat at responsable ang Diyos sa Kanyang paghawak, pagharap, pamamahala, pangangasiwa, at pamumuno sa bawat bagay, tao, at bagay na may buhay sa lahat ng bagay na Kanyang nilikha, at dito, hindi Siya naging pabaya kailanman. Sa mabubuti, Siya ay mapagbigay at mabait; sa masasama, nagpapataw Siya ng malupit na parusa; at para sa iba-ibang nilalang na may buhay, gumagawa Siya ng angkop na mga plano sa napapanahon at regular na paraan ayon sa iba-ibang mga kinakailangan ng mundo ng sangkatauhan sa iba't ibang panahon, kaya ang iba-ibang nilalang na ito na may buhay ay nagkakaroong muli ng katawan ayon sa papel na kanilang ginagampanan sa maayos na paraan at lumilipat sa pagitan ng materyal na mundo at ng espirituwal na mundo sa maayos na paraan.

Ang pagkamatay ng isang nilalang na may buhay—ang pagwawakas ng isang pisikal na buhay—ay nagpapahiwatig na ang nilalang na may buhay ay pumanaw na sa materyal na mundo at nagtungo sa espirituwal na mundo, samantalang ang pagsilang ng isang bagong pisikal na buhay ay nagpapahiwatig na ang isang nilalang na may buhay ay naparito na mula sa espirituwal na mundo patungo sa materyal na mundo at nagsimula nang gawin at gampanan ang papel nito. Paglisan man o pagdating ng isang nilalang, parehong hindi maihihiwalay ang mga ito mula sa gawain ng espirituwal na

mundo. Pagdating ng panahon na dumating ang isang tao sa materyal na mundo, nakabuo na ang Diyos ng angkop na mga plano at pakahulugan sa espirituwal na mundo kung saang pamilya mapupunta ang taong iyon, ang panahon kung kailan sila darating, ang oras ng kanilang pagdating, at ang papel na kanilang gagampanan. Sa gayon, ang buong buhay ng taong ito—ang mga bagay na kanilang ginagawa, at ang mga landas na kanilang tinatahak—ay magpapatuloy ayon sa mga planong ginawa sa espirituwal na mundo, nang wala ni katiting na paglihis. Bukod pa ryan, ang panahon kung kailan magwawakas ang isang pisikal na buhay at ang paraan at lugar kung saan ito magwawakas ay malinaw at nahiihiwatigan sa espirituwal na mundo. Pinamumunuan ng Diyos ang materyal na mundo, at pinamumunuan din Niya ang espirituwal na mundo, at hindi Niya aantalahin ang normal na siklo ng buhay at kamatayan ng isang kaluluwa, ni hindi Siya maaaring gumawa ng anumang mga pagkakamali sa mga plano ng siklong iyon. Bawat isa sa mga tagapamahala sa mga opisyal na puwesto sa espirituwal na mundo ay isinasagawa ang kanilang indibiduwal na mga gawain, at ginagawa yaong kinakailangan nilang gawin, alinsunod sa mga tagubilin at mga panuntunan ng Diyos. Sa gayon, sa mundo ng sangkatauhan, bawat materyal na kakaibang pangyayari na namasdan ng tao ay nasa ayos, at hindi magulo. Lahat ng ito ay dahil sa maayos na pamumuno ng Diyos sa lahat ng bagay, gayundin sa katotohanan na ang Kanyang awtoridad ang namumuno sa lahat ng bagay. Kabilang sa Kanyang kapamahalaan ang materyal na mundong tinitirhan ng tao at, bukod pa ryan, ang di-nakikitang espirituwal na mundo sa likod ng sangkatauhan. Samakatuwid, kung nais ng mga tao na magkaroon ng mabuting buhay, at inaasam na manirahan sa magandang kapaligiran, bukod pa sa mabigyan ng buong materyal na mundong nakikita, kailangan din silang mabigyan ng espirituwal na mundo, na hindi nakikita ninuman, na namamahala sa bawat nilalang na may buhay para sa kapakanan ng sangkatauhan, at maayos. Sa gayon, ngayong nasabi nang ang Diyos ang pinagmumulan ng buhay para sa lahat ng bagay, hindi ba nadagdagan ang ating kamalayan at pagkaunawa sa “lahat ng bagay”? (Oo.)

b. Ang Siklo ng Buhay at Kamatayan ng Iba-ibang Taong May Pananampalataya

Katatalakay pa lamang natin sa siklo ng buhay at kamatayan ng mga tao sa unang kategorya, ang mga hindi mananampalataya. Ngayon, talakayin natin yaong nasa pangalawang kategorya, ang iba-ibang taong may pananampalataya. “Ang siklo ng buhay at kamatayan ng iba-ibang taong may pananampalataya” ay isa pang napakahalagang paksa, at kailangang-kailangan ninyong magkaroon ng ilang pagkaunawa tungkol dito. Una, pag-usapan natin kung aling mga pananampalataya ang tinutukoy ng “pananampalataya” sa “mga taong may pananampalataya”: ang limang pangunahing relihiyon na Hudaismo, Kristiyanismo, Katoliko, Islam, at Budismo. Dagdag pa sa mga hindi mananampalataya, ang mga taong naniniwala sa limang relihiyong ito ang sumasakop sa malaking bahagi ng populasyon ng mundo. Sa limang relihiyong ito,

kakaunti yaong mga nagawa nang propesyon ang kanilang pananampalataya, subalit maraming kapanalig ang mga relihiyong ito. Pupunta sila sa ibang lugar pagkamatay nila. “Iba” kaysa kanino? Kaysa sa mga hindi mananampalataya—sa mga taong walang pananampalataya—na pinag-uusapan pa lamang natin. Pagkamatay nila, napupunta sa ibang lugar ang mga naniniwala sa limang relihiyong ito, isang lugar na iba kaysa sa mga hindi mananampalataya. Gayunman, pareho pa rin ang proseso; hahatulan din sila ng espirituwal na mundo batay sa lahat ng kanilang ginawa bago sila namatay, pagkatapos ay ipoproseso sila ayon dito. Gayunman, bakit ipinadadala ang mga taong ito sa ibang lokasyon para iproseso? May isang mahalagang dahilan para dito. Ano iyon? Ipaliliwanag Ko iyon sa inyo sa isang halimbawa. Gayunman, bago Ko gawin iyon, iniisip ninyo siguro sa inyong sarili: “Siguro dahil kakatiting ang paniniwala nila sa Diyos! Hindi sila ganap na mga hindi mananampalataya.” Gayunman, hindi ito ang dahilan. May napakahalagang dahilan kaya sila hinihiwalay sa iba.

Ipaghalimbawa natin ang Budismo. Sasabihin Ko sa inyo ang isang katotohanan. Ang isang Budista, una, ay isang taong umanib sa Budismo, at ito ay isang taong nakakaalam kung ano ang kanilang paniniwala. Kapag ginupit ng mga Budista ang kanilang buhok at naging mga monghe o madre, nangangahulugan ito na naihiwalay nila ang kanilang sarili mula sa sekular na mundo, at nilisan ang ingay ng mundo ng tao. Araw-araw, binibigkas nila ang mga sutra at inaawit ang mga pangalan ni Buddha, hindi sila kumakain ng karne, matipid silang mamuhay, at pinalilipas nila ang kanilang mga araw na ang kasama lamang ay ang malamig at banayad na ilaw ng gasera. Ginugugol nila ang kanilang buong buhay nang ganito. Kapag nagwakas ang pisikal na buhay ng isang Budista, gagawa sila ng isang buod ng kanilang buhay, ngunit sa kanilang puso ay hindi nila malalaman kung saan sila pupunta pagkatapos nilang mamatay, sino ang kanilang makikilala, o ano ang kahihinatnan nila: Sa kanilang kaibuturan, hindi sila magkakaroon ng malinaw na ideya tungkol sa gayong mga bagay. Wala na silang ibang magagawa kundi pikit-matang dalhin ang isang uri ng pananampalataya sa buong buhay nila, pagkatapos ay lilisan sila mula sa mundo ng tao kasama ang kanilang bulag na mga pag-asam at pangarap. Gayon ang pagtatapos ng pisikal na buhay ng isang Budista, kung kailan nililisan nila ang mundo ng mga buhay; pagkatapos noon, bumabalik sila sa orihinal nilang lugar sa espirituwal na mundo. Magkaroon mang muli ng katawan ang taong ito para bumalik sa lupa at magpatuloy sa kanilang sariling paglilinang ay nakasalalay sa kanilang pag-uugali at gawi bago pa sila namatay. Kung wala silang ginawang mali noong nabubuhay sila, agad silang magkakaroon muli ng katawan at ibabalik na muli sa lupa, kung saan ang taong ito ay minsan pang magiging monghe o madre. Ibig sabihin, nagsasagawa sila ng paglilinang sa sarili sa panahon ng kanilang pisikal na buhay ayon sa kung paano nila isinagawa ang paglilinang sa sarili sa unang pagkakataon, at pagkatapos ay babalik sa espirituwal na dako kapag natapos na ang kanilang pisikal na buhay, kung saan sila ay susuriin. Pagkatapos noon, kung walang natagpuang mga problema, maaari silang minsan pang bumalik sa

mundo ng tao at muling umanib sa Budismo, sa gayon ay maipagpatuloy nila ang kanilang pagsasagawa. Pagkatapos nilang magkaroong muli ng katawan nang tatlo hanggang pitong beses, minsan pa silang babalik sa espirituwal na mundo, kung saan sila pupunta kapag natapos na ang bawat pisikal na buhay nila. Kung ang kanilang iba-ibang katangian at ugali sa mundo ng tao ay naging kaayon ng makalangit na mga utos ng espirituwal na mundo, mula sa puntong ito, mananatili sila roon; hindi na sila magkakaroon muli ng katawan bilang tao, ni hindi sila manganganib na maparusahan dahil sa paggawa ng masama sa lupa. Hindi na nila kailangang pagdaanang muli ang prosesong ito kailanman. Sa halip, batay sa kanilang sitwasyon, gaganap sila sa isang katungkulan sa espirituwal na dako. Ito ang tinatawag ng mga Budista na “pagtatamo ng kaliwanagan bilang isang Buddha.” Ang pagtatamo ng kaliwanagan bilang isang Buddha ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng kaganapan bilang isang opisyal ng espirituwal na mundo at, pagkatapos noon, hindi na siya magkakaroon muli ng katawan o manganganib na maparusahan. Bukod pa ryan, nangangahulugan ito na hindi na siya daranas ng mga pagdurusa ng pagiging tao pagkatapos na magkaroong muli ng katawan. Kaya, posible pa bang magkaroon silang muli ng katawan bilang hayop? (Hindi.) Nangangahulugan ito na mananatili sila upang gumanap sa isang papel sa espirituwal na mundo at hindi na sila magkakaroon muli ng katawan. Isang halimbawa ito ng pagtatamo ng kaganapan ng kaliwanagan bilang isang Buddha sa Budismo. Para naman sa mga hindi nagtatamo ng kaganapan, pagbalik nila sa espirituwal na mundo, napapailalim sila sa pagsusuri at pagpapatunay ng kaukulang opisyal, na matutuklasan na noong nabubuhay pa, hindi nila masigasig na nilinang ang kanilang sarili o naging matapat sa pagbigkas ng mga sutra at pag-awit ng mga pangalan ni Buddha ayon sa iniuutos ng Budismo, at sa halip ay nakagawa sila ng maraming kasamaan at maraming ginawang masama. Pagkatapos, sa espirituwal na mundo, isang paghatol ang ginagawa tungkol sa kanilang masasamang gawain, at kasunod noon, tiyak na parurusahan sila. Dito, walang mga eksepsyon. Sa gayon, kailan magtatamo ng kaganapan ang gayong tao? Sa isang panahon ng buhay na hindi sila gumagawa ng masama—kung kailan, matapos bumalik sa espirituwal na mundo, nakita na wala silang ginawang mali bago sila namatay. Pagkatapos ay patuloy silang magkakaroon muli ng katawan, patuloy nilang bibigkasin ang mga sutra at aawitin ang mga pangalan ni Buddha, palilipasin ang kanilang mga araw sa malamig at banayad na liwanag ng gasera, iiwasang pumatay ng anumang bagay na may buhay o kumain ng anumang karne. Hindi sila nakikibahagi sa mundo ng tao, na tinatalikuran nang husto ang mga kaguluhan dito at hindi nakikipagtalo sa iba. Sa prosesong ito, kung wala silang nagawang masama, matapos silang bumalik sa espirituwal na mundo at nasuri na ang lahat ng kanilang kilos at ugali, minsan pa silang ipadadala sa dako ng tao, sa isang siklong nagpapatuloy nang tatlo hanggang pitong beses. Kung walang ginawang masamang asal sa panahong ito, mananatiling hindi apektado ang pagtatamo nila ng kaliwanagan bilang isang Buddha, at hindi maaantala. Ito ay isang katangian ng siklo ng buhay at kamatayan ng lahat ng taong

may pananampalataya: Nagagawa nilang “magtamo ng kaganapan,” at gumanap sa isang katungkulan sa espirituwal na mundo; ito ang dahilan kaya sila naiiba sa mga hindi mananampalataya. Una, habang nabubuhay pa sila sa mundo, paano kumikilos yaong mga nagkakaroon ng katungkulan sa espirituwal na mundo? Kailangan nilang tiyakin na hindi man lamang sila makagawa ng anumang kasamaan: Hindi sila dapat pumatay, manunog, manggahasa, o magnakaw; kung sila ay gumagawa ng panloloko, panlilinlang, pagnanakaw, o panloloob, hindi sila magtatamo ng kaganapan. Sa madaling salita, kung mayroon silang anumang koneksyon o kaugnayan sa anumang masamang gawain, hindi nila matatakan ang kaparusahang ipapataw sa kanila ng espirituwal na mundo. Ang espirituwal na mundo ay gumagawa ng angkop na mga plano para sa mga Budista na nagtatamo ng kaliwanagan bilang isang Buddha: Maaari silang itilagang mangasiwa sa mga yaon na mukhang naniniwala sa Budismo, at sa Matandang Lalaki sa Langit—maaari silang bigyan ng awtoridad. Maaari din silang pamahalain sa mga hindi mananampalataya o magkaroon ng katungkulan sa napakaliliit na tungkulin. Ang gayong pagbibigay ng awtoridad ay nangyayari ayon sa iba-ibang likas na katangian ng kanilang kaluluwa. Ito ay isang halimbawa ng Budismo.

Sa limang relihiyon na ating napag-usapan, ang Kristiyanismo ang medyo espesyal. Ano ang espesyal sa mga Kristiyano? Sila ang mga taong naniniwala sa tunay na Diyos. Paano maililista rito ang mga naniniwala sa tunay na Diyos? Sa pagsasabi na ang Kristiyanismo ay isang klase ng pananampalataya, walang dudang may kinalaman lamang ito sa pananampalataya; magiging isang uri lamang ito ng seremonya, isang uri ng relihiyon, at isang bagay na lubos na naiiba sa pananampalataya ng mga tunay na sumusunod sa Diyos. Kaya Ko nailista ang Kristiyanismo sa limang pangunahing relihiyon ay dahil ibinaba na ito sa antas na kapareho ng Hudaismo, Budismo, at Islam. Karamihan sa mga tao rito ay hindi naniniwala na may isang Diyos, o na Siya ang namumuno sa lahat ng bagay; lalong hindi sila naniniwala sa Kanyang pag-iral. Sa halip, ginagamit lamang nila ang mga Kasulatan upang talakayin ang teolohiya at gamitin ang teolohiya upang ituro sa mga tao na maging mabait, magtiis ng pagdurusa, at gumawa ng mabubuting bagay. Ganyan ang klaseng nakahinatnan ng relihiyong Kristiyanismo: Nakatuon lamang ito sa mga teolohikal na teorya, na walang anumang kaugnayan sa gawain ng Diyos sa pamamahala at pagliligtas sa tao. Ito na ang naging relihiyon ng mga taong sumusunod sa Diyos ngunit hindi talaga kinikilala ng Diyos. Gayunman, may prinsipyo rin ang Diyos sa Kanyang pakikitungo sa gayong mga tao. Hindi Niya sila basta-basta hinaharap o pinakikitunguhan kung kailan Niya gusto tulad ng Kanyang ginagawa sa mga hindi mananampalataya. Tinatrato Niya sila sa parehong paraan ng pagtrato Niya sa mga Budista: Kung, habang nabubuhay, makakayang disiplinahin ng isang Kristiyano ang kanyang sarili, mahigpit na susundin ang Sampung Utos at hihigpitan ang sarili nilang pag-uugali alinsunod sa mga batas at kautusan, at maninindigan sa mga ito sa buong buhay nila, kailangan din nilang gumugol ng parehong haba ng panahon sa pagdaan sa mga siklo ng buhay at kamatayan bago sila tunay na magtamo

ng tinatawag na “pagdadala.” Pagkatapos makamit ang pagdadalang ito, mananatili sila sa espirituwal na mundo, kung saan gaganap sila sa isang katungkulan at magiging isa sa mga opisyal doon. Gayundin, kung nakagawa sila ng kasamaan sa lupa—kung napakamakasalanang nila at nakakagawa sila ng napakaraming kasalanan—hindi nila maiiwasang maparusahan at madisiplina sa iba-ibang kasidhian. Sa Budismo, ang pagtatamo ng kaganapan ay nangangahulugan ng pagpasok sa Dalisay na Lupain ng Sukdulang Kaligayahan, ngunit ano ang tawag nila roon sa Kristiyanismo? Tinatawag itong “pagpasok sa langit” at pagiging “nadala.” Yaong mga tunay na nadala ay nagdaraan din sa siklo ng buhay at kamatayan nang tatlo hanggang pitong beses, pagkatapos noon, pagkamatay nila, dumarating sila sa espirituwal na mundo, na para bang nakatulog sila. Kung papasa sila sa pamantayan, maaari silang manatili roon upang gumanap sa isang katungkulan at, hindi kagaya ng mga tao sa lupa, hindi sila magkakaroong muli ng katawan sa isang simpleng paraan o ayon sa nakagawian.

Sa lahat ng relihiyong ito, ang katapusang sinasabi at pinagsusumikapan nila ay kapareho ng pagtatamo ng kaganapan sa Budismo; kaya lamang ay nakakamit itong “kaganapan” sa iba’t ibang kaparaanan. Pare-pareho lamang silang lahat. Para sa bahaging ito ng mga kapanalig ng mga relihiyong ito, na mahigpit na nakakasunod sa mga relihiyosong tuntunin sa kanilang pag-uugali, nagbibigay ang Diyos ng isang angkop na patutunguhan, isang angkop na lugar na pupuntahan, at pinangangasiwaan sila nang angkop. Lahat ng ito ay makatwiran, ngunit hindi ito katulad ng iniisip ng mga tao. Ngayon, nang marinig ninyo kung ano ang nangyayari sa mga tao sa Kristiyanismo, ano ang pakiramdam ninyo? Pakiramdam ba ninyo hindi makatarungan ang nangyayari sa kanila? Nakikisimpatiya ba kayo sa kanila? (Kaunti.) Wala nang magagawa pa; sarili lamang nila ang kanilang masisisi. Bakit Ko sinasabi ito? Ang gawain ng Diyos ay totoo; Siya ay buhay at totoo, at ang Kanyang gawain ay nakatuon sa buong sangkatauhan at sa bawat indibiduwal. Kung gayon, bakit hindi nila ito tinatanggap? Bakit nila parang hibang na nilalabanan at inuusig ang Diyos? Dapat nilang isipin na masuwerte sila dahil ganito ang kanilang kinalabasan, kaya bakit kayo naaawa sa kanila? Ang matrato sila sa ganitong paraan ay nagpapakita ng malaking pagpaparaya. Batay sa lawak ng kanilang paglaban sa Diyos, dapat silang lipulin, subalit hindi ito ginagawa ng Diyos; sa halip ay tinatanggap lamang Niya ang Kristiyanismo tulad ng anumang ordinaryong relihiyon. Sa gayon, kailangan pa bang magdetalye tungkol sa iba pang mga relihiyon? Ang kakaibang paniniwala ng lahat ng relihiyong ito ay para magdanas ang mga tao ng mas maraming hira, huwag gumawa ng masama, gumawa ng mabuti, huwag murahin ang iba, huwag husgahan kaagad ang iba, ilayo ang kanilang sarili sa mga pagtatalo, maging mabubuting tao—ganito ang karamihan sa mga relihiyosong turo. Samakatuwid, kung nagagawa ng mga taong ito na may pananampalataya—ng mga kapanalig na ito ng iba-ibang relihiyon at denominasyon—na mahigpit na sumunod sa kanilang mga relihiyosong tuntunin, hindi sila makakagawa ng malalaking pagkakamali o kasalanan sa panahong sila ay nasa lupa; at, matapos magkaroong muli ng katawan nang tatlo

hanggang pitong beses, ang mga taong ito—yaong mga nagagawang sumunod sa mga relihiyosong tuntunin—kung tutuusin, ay mananatiling gumaganap sa isang katungkulan sa espirituwal na mundo. Marami bang gayong mga tao? (Wala, kakaunti lamang.) Saan mo ibinabatay ang sagot mo? Hindi madaling gumawa ng mabuti at sumunod sa relihiyosong mga panuntunan at batas. Hindi pinapayagan ng Budismo ang mga tao na kumain ng karne—kaya mo bang gawin iyon? Kung kailanganin mong isuot ang mga abuhing kasuotan at bigkasin ang mga sutra at awitin ang mga pangalan ni Buddha sa isang templo ng mga Budista sa buong maghapon, kaya mo bang gawin iyon? Hindi ito magiging madali. Ang Kristiyanismo ay may Sampung Utos, ang mga kautusan at batas; madali bang sundin ang mga ito? Hindi madali, hindi ba? Ipaghalimbawa natin ang huwag murahin ang iba: Wala talagang kakayahan ang mga tao na sumunod sa panuntunang ito. Hindi mapigilan ang kanilang sarili, nagmumura sila—at pagkatapos magmura, hindi na nila mabawi ang mga salitang iyon, kaya ano ang ginagawa nila? Sa gabi, ikinukumpisal nila ang kanilang mga kasalanan. Kung minsan pagkatapos nilang murahin ang iba, may pagkamuhi pa rin sa puso nila, at nagpaplano pa sila kung kailan pa nila masasaktang muli ang mga taong iyon. Sa madaling salita, para sa mga nabubuhay sa gitna ng patay na doktrinang ito, hindi madaling umiwas na magkasala o gumawa ng masama. Samakatuwid, sa bawat relihiyon, iilang tao lamang ang nagagawa talagang magtamo ng kaganapan. Ipinapalagay mo ba na dahil napakaraming taong sumusunod sa mga relihiyong ito, marami ang magagawang manatili sa pagganap sa isang tungkulin sa espirituwal na dako? Hindi sila ganoon karami; iilan lamang ang talagang nagagawang magtamo nito. Iyan na ang lahat para sa siklo ng buhay at kamatayan ng mga taong may pananampalataya. Ang ipinagkaiba nila ay na maaari silang magtamo ng kaganapan, at ito ang ipinagkaiba nila sa mga hindi mananampalataya.

c. Ang Siklo ng Buhay at Kamatayan ng mga Alagad ng Diyos

Sumunod, pag-usapan natin ang siklo ng buhay at kamatayan ng mga sumusunod sa Diyos. May kaugnayan ito sa inyo, kaya makinig kayo: Una, pag-isipan kung paano makakategorya ang mga alagad ng Diyos. (Ang mga hinirang ng Diyos, at ang mga tagasilbi.) Mayroon nga palang dalawa: Ang mga hinirang ng Diyos, at ang mga tagasilbi. Una, pag-usapan natin ang mga hinirang ng Diyos, na iilan lamang. Sino ang tinutukoy na “mga hinirang ng Diyos”? Matapos likhain ng Diyos ang lahat ng bagay at umiral ang sangkatauhan, pumili ang Diyos ng isang grupo ng mga tao na susunod sa Kanya; tinatawag lamang silang “hinirang ng Diyos.” May espesyal na saklaw at kabuluhan sa pagpili ng Diyos sa mga taong ito. Ang saklaw ay espesyal dahil limitado ito sa iilang pinili, na kailangang pumarito kapag gumagawa Siya ng mahalagang gawain. At ano ang kabuluhan nito? Dahil sila ay isang grupong pinili ng Diyos, malaki ang kabuluhan. Ibig sabihin, nais ng Diyos na gawing ganap ang mga taong ito, at gawin silang perpekto, at kapag natapos na ang Kanyang gawain ng pamamahala, matatamo Niya ang mga taong ito. Hindi ba malaki ang kabuluhang ito? Sa gayon, ang mga hinirang

na ito ay malaki ang kahalagahan sa Diyos, sapagkat sila yaong mga layon ng Diyos na matamo. Tungkol naman sa mga tagasilbi, magpahinga muna tayo sandali mula sa paksang pagtatalaga ng Diyos, at pag-usapan muna natin ang mga pinagmulan nila. Ang literal na kahulugan ng “tagasilbi” ay isang taong nagsisilbi. Yaong mga nagsisilbi ay pansamantala; hindi sila pangmatagalan o pangwalang-hanggan, kundi inupahan o kinalap nang pansamantala. Ang pinagmulan ng karamihan sa kanila ay na sila ay pinili mula sa mga hindi mananampalataya. Pumarito sila sa lupa noong iutos na gaganap sila sa papel ng mga tagasilbi sa gawain ng Diyos. Maaaring naging mga hayop sila sa nakaraan nilang buhay, ngunit maaari din silang naging mga hindi mananampalataya. Gayon ang mga pinagmulan ng mga tagasilbi.

Magbalik tayo sa mga taong hinirang ng Diyos. Kapag sila ay namatay, nagpupunta sila sa isang lugar na ganap na iba ang lokasyon kaysa kinaroroonan ng mga hindi mananampalataya at ng iba-ibang taong may pananampalataya. Ito ay isang lugar kung saan ay sinasamahan sila ng mga anghel at ng mga sugo ng Diyos; ito ay isang lugar na personal na pinangangasiwaan ng Diyos. Kahit hindi namamasdan ng mga taong hinirang ng Diyos sa kanilang sariling mga mata ang Diyos sa lugar na ito, hindi ito kagaya ng anumang iba pang lugar sa espirituwal na dako; ibang lokasyon ito, kung saan pupunta ang bahaging ito ng mga tao pagkamatay nila. Kapag namatay sila, ipapailalim din sila sa isang mahigpit na pagsisiyasat ng mga sugo ng Diyos. At ano ang sinisiyasat? Sinisiyasat ng mga sugo ng Diyos ang mga landas na natahak ng mga taong ito sa buong buhay nila sa kanilang paniniwala sa Diyos, nilabanan man nila ang Diyos o hindi o isinumpa Siya noon, at nakagawa man sila o hindi ng mabibigat na kasalanan o kasamaan. Sasagutin ng pagsisiyasat na ito ang tanong kung papayagang manatili ang isang partikular na tao o kailangang paalisin. Ano ang kahulugan ng “paalisin”? At ano ang kahulugan ng “manatili”? Ang ibig sabihin ng “paalisin” ay kung, batay sa kanilang pag-uugali, sila ay mananatili sa mga ranggo ng mga hinirang ng Diyos; ang ibig sabihin ng mapayagang “manatili” ay na maaari silang manatiling kasama ng mga taong gagawing ganap ng Diyos sa mga huling araw. Para sa mga mananatili, may espesyal na mga plano ang Diyos. Sa bawat panahon ng Kanyang gawain, isusugo ng Diyos ang gayong mga tao upang gumanap bilang mga apostol o isagawa ang gawaing muling buhayin o pangalagaan ang mga iglesia. Gayunman, ang mga taong may kakayahang gawin iyon ay hindi nagkakaroong muli ng katawan na kasindalas ng mga hindi mananampalataya, na isinisilang na muli sa paglipas ng mga henerasyon; sa halip, ibinabalik sila sa lupa alinsunod sa mga kinakailangan at hakbang ng gawain ng Diyos, at hindi sila madalas na nagkakaroong muli ng katawan. Kaya mayroon bang anumang mga panuntunan kapag sila ay nagkakaroong muli ng katawan? Dumarating ba sila nang minsan kada ilang taon? Dumarating ba sila nang gayon kadalas? Hindi. Batay itong lahat sa gawain ng Diyos, sa mga hakbang nito at sa Kanyang mga pangangailangan, at walang nakatakdang mga panuntunan. Ang tanging panuntunan ay na kapag ginagawa ng Diyos ang huling yugto ng Kanyang gawain sa mga huling

araw, ang mga taong hinirang na ito ay magdaratingang lahat, at ang pagdating na ito ang kanilang magiging huling pagkakaroong muli ng katawan. At bakit ganoon? Batay ito sa kailangang makamit na kahihinatnan sa panahon ng huling yugto ng gawain ng Diyos—sapagkat sa panahong ito ng huling yugto ng gawain, gagawing ganap ng Diyos ang lahat ng taong hinirang na ito. Ano ang ibig sabihin nito? Kung, sa huling bahaging ito, ginagawang ganap at perpekto ang mga taong ito, hindi sila magkakaroong muli ng katawan na tulad ng dati; ang proseso ng pagiging tao ay lubos nang matatapos, gayundin ang proseso ng pagkakaroon nilang muli ng katawan. May kaugnayan ito roon sa mga mananatili. Kaya saan mapupunta yaong mga hindi maaaring manatili? Yaong mga hindi pinapayagang manatili ay mayroong sarili nilang angkop na patutunguhan. Una sa lahat, dahil sa kanilang masasamang gawain, mga pagkakamaling nagawa nila, at mga kasalanang nagawa nila, sila man ay parurusahan. Kapag naparusahan na sila, gagawa ng mga plano ang Diyos para ipadala sila sa mga hindi mananampalataya kung nababagay sa sitwasyon, o kaya naman ay nagpaplanong mapunta sila sa iba-ibang taong may pananampalataya. Ibig sabihin, mayroong dalawang posibleng kahihinatnan para sa kanila: Ang isa ay ang maparusahan at marahil ay mamuhay sa piling ng mga tao ng isang relihiyon matapos silang magkaroong muli ng katawan, at ang isa pa ay ang maging mga hindi mananampalataya. Kung sila ay maging mga hindi mananampalataya, mawawala sa kanila ang lahat ng pagkakataon; gayunman, kung sila ay magiging mga taong may pananampalataya—kung sila, halimbawa, ay naging mga Kristiyano—magkakaroon pa rin sila ng pagkakataong magbalik sa mga ranggo ng mga taong hinirang ng Diyos; may napakakumplikadong mga relasyon dito. Sa madaling salita, kung may nagawang isang bagay ang isa sa mga taong hinirang ng Diyos na nakasakit sa Diyos, parurusahan sila na kagaya ng lahat ng iba pa. Ipaghalimbawa natin si Pablo, na nauna nating pinag-usapan. Si Pablo ay isang halimbawa ng isang taong pinarusahan. May nakukuha ba kayong ideya tungkol sa Aking sinasabi? Permanente ba ang saklaw ng mga hinirang ng Diyos? (Oo, karamihan.) Karamihan dito ay permanente, ngunit may kaunting bahagi rito na hindi permanente. Bakit ganoon? Dito ay tinukoy Ko na ang pinakamalinaw na dahilan: paggawa ng masama. Kapag ang mga tao ay nakagawa ng kasamaan, ayaw sa kanila ng Diyos, at kapag ayaw sa kanila ng Diyos, itinatapon Niya sila sa iba-ibang lahi at uri ng mga tao. Iniwan sila nito na walang pag-asa at nagiging mahirap para sa kanila ang makabalik. Lahat ng ito ay may kaugnayan sa siklo ng buhay at kamatayan ng mga hinirang ng Diyos.

Ang sumunod na paksang ito ay nauugnay sa siklo ng buhay at kamatayan ng mga tagasilbi. Katatalakay pa lamang natin sa mga pinagmulan ng mga tagasilbi; ibig sabihin, ang katotohanan na nagkaroon silang muli ng katawan pagkatapos maging mga hindi mananampalataya at mga hayop sa nauna nilang buhay. Sa pagdating ng huling yugto ng gawain, pumili na ang Diyos ng isang grupo ng gayong mga tao mula sa mga hindi mananampalataya, at ang grupong ito ay espesyal. Ang layunin ng Diyos sa pagpili sa mga taong ito ay para magsilbi sila sa Kanyang gawain. Ang “pagsisilbi” ay isang salitang

di-gaanong magandang pakinggan, ni hindi ito naaayon sa mga naisin ng lahat, ngunit dapat nating tingnan kung kanino ito nakatuon. Ang pag-iral ng mga tagasilbi ng Diyos ay may espesyal na kabuluhan. Wala nang iba pang maaaring gumanap sa kanilang papel, sapagkat pinili sila ng Diyos. At ano ang papel ng mga tagasilbing ito? Iyon ay para magsilbi sa mga hinirang ng Diyos. Kadalasan, ang papel nila ay magsilbi sa gawain ng Diyos, makipagtulungan dito, at tumulong sa Diyos sa paggawang ganap ng Kanyang mga hinirang. Nagtratabaho man sila, nagsasagawa ng isang aspeto ng gawain, o gumaganap sa ilang tungkulin, ano ang kinakailangan ng Diyos sa mga tagasilbing ito? Mapaghanap ba Siyang masyado sa mga kinakailangan Niya sa kanila? (Hindi, hinihiling lamang Niya na maging tapat sila.) Ang mga tagasilbi ay kailangan ding maging tapat. Ano man ang iyong mga pinagmulan o bakit pinili ka ng Diyos, kailangan mong maging tapat sa Diyos, sa anumang mga tagubiling ipinagkakatiwala sa iyo ng Diyos, at sa gawaing responsibilidad mo at sa mga tungkuling ginagampanan mo. Para sa mga tagasilbing may kakayahang maging tapat at magpalugod sa Diyos, ano ang kanilang kahihinatnan? Magagawa nilang manatili. Isang pagpapala ba ang maging isang tagasilbi na nananatili? Ano ang kahulugan ng manatili? Ano ang kabuluhan ng pagpapalang ito? Sa katayuan, parang hindi sila kagaya ng mga hinirang ng Diyos; parang iba sila. Ngunit sa katunayan, hindi ba kagaya ng sa mga hinirang ng Diyos ang tinatamasa nila sa buhay na ito? Kahit paano, magkapareho iyon sa buhay na ito. Hindi ninyo ito ikinakaila, hindi ba? Mga pagbigkas ng Diyos, biyaya ng Diyos, panustos ng Diyos, mga pagpapala ng Diyos—sino ang hindi nagtatamasa ng mga bagay na ito? Lahat ay nagtatamasa ng gayong kasaganaan. Ang identidad ng isang tagasilbi ay isang taong nagsisilbi, ngunit para sa Diyos, isa lamang sila sa lahat ng bagay na Kanyang nilikha; kaya lamang ang papel nila ay tagasilbi. Dahil kapwa sila mga nilalang ng Diyos, may pagkakaiba ba sa pagitan ng isang tagasilbi at ng isa sa mga hinirang ng Diyos? Sa totoo lang, wala. Kung tutuusin, may pagkakaiba; sa diwa at sa papel na ginagampanan nila, may pagkakaiba—ngunit patas ang pagtrato ng Diyos sa grupo ng mga taong ito. Kaya bakit inilalarawan ang mga taong ito bilang mga tagasilbi? Kailangan ninyong magkaroon ng kaunting pagkaunawa rito! Ang mga tagasilbi ay nagmumula sa mga hindi mananampalataya. Kapag binanggit natin na sila ay nagmumula sa mga hindi mananampalataya, malinaw na iisa ang masamang pinagmulan nila: Mga ateista silang lahat, at ganoon din sila noong araw; hindi sila naniwala sa Diyos, at galit sila sa Kanya, sa katotohanan, at sa lahat ng positibong bagay. Hindi sila naniwala sa Diyos o sa Kanyang pag-iral. Sa gayon, kaya ba nilang unawain ang mga salita ng Diyos? Makatarungang sabihin na kahit paano, hindi. Tulad lamang ng mga hayop na hindi kayang unawain ang mga salita ng tao, hindi nauunawaan ng mga tagasilbi ang sinasabi ng Diyos, ang Kanyang kinakailangan, o bakit Niya hinihingi ang gayong mga bagay. Hindi nila nauunawaan; hindi nila maintindihan ang mga bagay na ito, at nananatili silang nalalabuan. Dahil dito, hindi taglay ng mga taong ito ang buhay na ating napag-usapan. Kung walang buhay, mauunawaan ba ng mga tao ang katotohanan? Nasasangkapan

ba sila ng katotohanan? May karanasan at kaalaman ba sila tungkol sa mga salita ng Diyos? (Wala.) Gayon ang mga pinagmulan ng mga tagasilbi. Gayunman, yamang ginagawa ng Diyos na mga tagasilbi ang mga taong ito, may mga pamantayan pa rin sa Kanyang mga ipinagagawa sa kanila; hindi Niya sila hinahamak, ni hindi Siya padalus-dalos sa kanila. Bagama't hindi nila naiintindihan ang Kanyang mga salita at wala silang buhay, mabait pa rin ang Diyos sa kanila, at mayroon pa ring mga pamantayan pagdating sa Kanyang mga kinakailangan sa kanila. Kababanggit pa lamang ninyo sa mga pamantayang ito: Maging tapat sa Diyos at gawin ang Kanyang sinasabi. Sa iyong pagsisilbi, kailangan mong magsilbi kung saan kailangan, at kailangan mong magsilbi hanggang sa pinakahuli. Kung kaya mong maging tapat na tagasilbi, kung kaya mong magsilbi hanggang sa pinakahuli at kaya mong tuparin ang tagubiling ipinagkatiwala sa iyo ng Diyos, magiging makatuturan ang buhay mo. Kung kaya mong gawin ito, magagawa mong manatili. Kung magsisikap ka pa nang kaunti, kung higit kang magsusumikap, kung madodoble mo ang iyong mga pagpupunyaging makilala ang Diyos, kung makapagsasalita ka nang kaunti tungkol sa pagkilala sa Diyos, kung makapagpapatotoo ka sa Kanya, at, bukod pa ryan, kung mauunawaan mo nang kaunti ang Kanyang kalooban, kung kaya mong makipagtulungan sa gawain ng Diyos, at kaya mong isaisip nang kaunti ang mga layon ng Diyos, bilang isang tagasilbi, magbabago ang iyong kapalaran. At ano ang magiging pagbabagong ito sa kapalaran? Hindi ka na basta mananatili lamang. Depende sa iyong kilos at iyong personal na mga mithiin at hangarin, gagawin ka ng Diyos na isa sa mga hinirang. Ito ang magiging pagbabago sa iyong kapalaran. Para sa mga tagasilbi, ano ang pinakamabuting bagay tungkol dito? Iyon ay na maaari silang maging hinirang ng Diyos. Kung maging gayon sila, ibig sabihin ay hindi na sila magkakaroong muli ng katawan bilang mga hayop na tulad ng mga hindi mananampalataya. Mabuti ba iyon? Oo, at magandang balita rin iyon: Ibig sabihin, maaaring hubugin ang mga tagasilbi. Hindi totoo na para sa isang tagasilbi, kapag naitalaga na ng Diyos na magsilbi sila, gagawin nila iyon magpakailanman; hindi naman kailangang magkaganoon. Pamamahalaan at tutugunan sila ng Diyos sa isang paraan na akma sa indibiduwal na kilos ng taong ito.

Gayunman, may mga tagasilbi na hindi nagagawang magsilbi hanggang sa pinakahuli; mayroong mga sumusuko, sa kanilang pagsisilbi, sa kalagitnaan at tumatalikod sa Diyos, at may mga tao ring nakakagawa ng maraming pagkakamali. Mayroon pa ngang mga nagsasanhi ng matinding pinsala at nagdudulot ng malalaking kawalan sa gawain ng Diyos, at may mga tagasilbi pa nga na isinusumpa ang Diyos at iba pa. Ano ang ipinahihiwatig ng mga bungang ito na wala nang remedyo? Anumang gayong masasamang kilos ay magpapahiwatig ng pagtatapos ng kanilang pagsisilbi. Dahil ang iyong kilos sa iyong pagsisilbi ay lubhang hindi naging maganda at dahil nagmalabis ka na, kapag nakita ng Diyos na hindi tumutugon sa pamantayan ang iyong pagsisilbi, tatanggalan ka Niya ng iyong karapatang magsilbi. Hindi ka na Niya tutulutang magsilbi; paaalisin ka Niya mula sa Kanyang harapan mismo at mula sa tahanan ng Diyos. Ayaw

mo ba talagang magsilbi? Hindi mo ba palaging gustong gumawa ng masama? Hindi ka ba palaging hindi tapat? Kung gayon, may isang madaling solusyon: Tatanggalan ka ng iyong karapatang magsilbi. Para sa Diyos, ang tanggalan ng karapatang magsilbi ang isang tagasilbi ay nangangahulugan na naipahayag na ang katapusan ng tagasilbing ito, at hindi na sila magiging karapat-dapat na magsilbi sa Diyos. Hindi na kakailanganin pa ng Diyos ang pagsisilbi ng taong ito, at anumang magagandang bagay ang sabihin nila, mawawalan ng kabuluhan ang mga salitang iyon. Kapag nakarating sa puntong ito ang mga bagay-bagay, nawalan na ng remedyo ang sitwasyon; wala nang paraan ang mga tagasilbing kagaya nito para makabalik. At paano pinakikitunguhan ng Diyos ang mga tagasilbing katulad nito? Basta na lamang ba Niya sila pinatitigil sa pagsisilbi? Hindi. Basta na lamang ba Niya sila pinipigilang manatili? O, isinasantabi ba Niya sila sa isang sulok at hinihintay na pumihit sila? Hindi. Hindi talaga gaanong mapagmahal ang Diyos pagdating sa mga tagasilbi. Kung ganito ang pag-uugali ng isang tao sa kanilang pagsisilbi sa Diyos, ang Diyos, dahil sa pag-uugaling ito, ay tatanggalan sila ng kanilang karapatang magsilbi, at minsan pa silang itatapon pabalik sa mga hindi mananampalataya. At ano ang kapalaran ng isang tagasilbi na itinaon na pabalik sa mga hindi mananampalataya? Kapareho ng sa mga hindi mananampalataya: Magkakaroon silang muli ng katawan bilang hayop at tatanggap ng kaparehong parusa bilang isang hindi mananampalataya sa espirituwal na mundo. Bukod pa ryan, hindi magkakaroon ng personal na interes ang Diyos sa kaparusahan ng taong ito, sapagkat wala nang anumang kaugnayan ang gayong tao sa gawain ng Diyos. Hindi lamang ito ang katapusan ng kanilang buhay sa pananampalataya sa Diyos, kundi katapusan din ng sarili nilang kapalaran, at pagpapahayag din ng kanilang kapalaran. Kaya, kung hindi maganda ang pagsisilbi ng mga tagasilbi, kakailanganin nilang tiisin ang mga bunga nang mag-isa. Kung ang isang tagasilbi ay hindi kayang magsilbi hanggang sa pinakahuli, o tinanggalan ng karapatan nilang magsilbi sa kalagitnaan, itatapon sila sa mga hindi mananampalataya—at kapag nangyari ito, pakikitunguhan ang taong ito na kapareho ng ginagawa sa mga alagaing hayop, kapareho ng mga taong walang isip o pagkamakatwiran. Kapag sinasabi Ko ito sa ganyang paraan, nauunawaan ninyo, hindi ba?

Ang nabanggit sa itaas ay kung paano pinamamahalaan ng Diyos ang siklo ng buhay at kamatayan ng Kanyang mga hinirang at ng mga tagasilbi. Matapos marinig ito, ano ang pakiramdam ninyo? Nabanggit Ko na ba ang paksang ito noon? Nabanggit Ko na ba ang paksa tungkol sa mga hinirang ng Diyos at mga tagasilbi? Nagawa Ko na talaga, ngunit hindi ninyo maalala. Ang Diyos ay matuwid sa mga taong Kanyang hinirang at sa mga tagasilbi. Sa lahat ng aspeto, Siya ay matuwid. May nakikita ba kayong anumang mali kahit saan dito? Wala bang mga taong magsasabing, “Bakit lubhang mapagparaya ang Diyos sa mga hinirang? At katiting lamang ang pagpipigil Niya sa mga tagasilbi?” Mayroon bang sinumang nais magtanggol sa mga tagasilbi? “Maaari kayang bigyan ng Diyos ng mas mahabang panahon ang mga tagasilbi, at mas magpigil at magparaya sa

kanila?” Tama bang itanong iyon? (Hindi.) At bakit hindi? (Dahil napakitaan na talaga tayo ng pabor nang gawin tayong mga tagasilbi.) Napakitaan na ng pabor ang mga tagasilbi sa pagpapahintulot pa lamang sa kanila na magsilbi! Kung wala ang titulong “mga tagasilbi,” at kung wala ang gawaing ginagawa nila, saan mapupunta ang mga taong ito? Isasama sila sa mga hindi mananampalataya, na nabubuhay at namamatay na kasama ng mga alagaing hayop. Malalaking biyaya ang tinatamasa nila ngayon, nang pahintulutan silang humarap sa Diyos at pumunta sa tahanan ng Diyos! Napakalaking biyaya nito! Kung hindi ka binigyan ng Diyos ng pagkakataong magsilbi, hindi ka kailanman magkakaroon ng pagkakataong humarap sa Kanya. Kung tutuusin, kahit isa kang Budista at nagtamo ka na ng kaganapan, kadalasan, isa ka lamang utusan sa espirituwal na mundo; hindi mo makakaharap ang Diyos, maririnig ang Kanyang tinig o Kanyang mga salita, o madarama ang Kanyang pagmamahal at mga pagpapala kailanman, ni hindi mo Siya posibleng makaharap kailanman. Ang tanging mga bagay na kinakaharap ng mga Budista ay mga simpleng gawain. Hindi nila posibleng makilala ang Diyos, at sumusunod at tumatalima lamang sila, samantalang ang mga tagasilbi ay nagtatamo ng napakarami sa yugtong ito ng gawain! Una, nakakaharap nila ang Diyos, naririnig ang Kanyang tinig, naririnig ang Kanyang mga salita, at nararanasan ang mga biyaya at pagpapalang ipinagkakaloob Niya sa mga tao. Bukod pa rian, nagagawa nilang tamasahin ang mga salita at katotohanang ipinagkaloob ng Diyos. Marami talagang natatamo ang mga tagasilbi! Kaya, kung, bilang isang tagasilbi, ni hindi ka man lamang makapagbigay ng tamang pagsisikap, mapapanatili ka pa rin ba ng Diyos? Hindi ka Niya mapapanatili. Wala Siyang gaanong hinihiling sa iyo, subalit wala kang ginagawang anuman na maayos Niyang hinihiling; hindi ka nakatupad sa iyong tungkulin. Sa gayon, walang duda, hindi ka mapapanatili ng Diyos. Ganyan ang matuwid na disposisyon ng Diyos. Hindi ka pinalalayaw ng Diyos, ngunit hindi rin Siya nagtatangi laban sa iyo. Iyan ang mga prinsipyong pinagbabatayan ng pagkilos ng Diyos. Tinatrato ng Diyos ang lahat ng tao at nilalang sa ganitong paraan.

Pagdating sa espirituwal na mundo, kung ang iba-ibang nilalang na naroon ay may ginagawang mali o hindi nila ginagawa nang tama ang kanilang trabaho, mayroon ding nauukol na mga makalangit na utos at atas ang Diyos sa pakikitungo sa kanila; tiyak ito. Samakatuwid, sa loob ng ilang libong taon ng gawain ng pamamahala ng Diyos, ang ilang gumagawa ng tungkulin na nakagawa ng masama ay nalipol na, samantalang ang ilan—sa araw na ito mismo—ay nakakulong pa rin at pinarurusahan. Ito ang kailangang harapin ng bawat nilalang sa espirituwal na mundo. Kung gumawa sila ng mali o nakagawa ng kasamaan, pinarurusahan sila—at ganito rin ang pakikitungo ng Diyos sa Kanyang mga hinirang at sa mga tagasilbi. Sa gayon, kapwa sa espirituwal na mundo at sa materyal na mundo, hindi nagbabago ang mga prinsipyong pinagbabatayan ng pagkilos ng Diyos. Nakikita mo man o hindi ang mga kilos ng Diyos, hindi nagbabago ang mga prinsipyo ng mga ito. Sa kabuuan, pareho ang mga prinsipyo ng Diyos sa Kanyang pakikitungo sa lahat ng bagay at sa Kanyang pamamahala sa lahat ng bagay. Hindi ito nababago.

Magiging mabait ang Diyos sa mga hindi mananampalataya na namumuhay sa medyo tamang paraan, at maglalaan ng mga pagkakataon para sa mga nasa bawat relihiyon na maganda ang pag-uugali at hindi gumagawa ng masama, na tinutulutan silang gampanan ang kanilang tungkulin sa lahat ng bagay na pinamamahalaan ng Diyos at gawin yaong dapat nilang gawin. Gayundin, sa mga sumusunod sa Diyos, sa mga taong Kanyang hinirang, hindi nagtatangi ang Diyos laban sa sinumang tao ayon sa mga prinsipyo Niyang ito. Mabait Siya sa lahat ng tapat na sumusunod sa Kanya, at mahal Niya ang lahat ng tapat na sumusunod sa Kanya. Kaya lamang, para sa ilang uri ng mga taong ito—ang mga hindi mananampalataya, ang iba-ibang taong may pananampalataya, at ang mga hinirang ng Diyos—magkakaiba ang ipinagkakaloob Niya sa kanila. Ipaghalimbawa na ang mga hindi mananampalataya: Bagama't hindi sila naniniwala sa Diyos, at ang tingin sa kanila ng Diyos ay mga hayop, bukod sa iba pa bawat isa sa kanila ay may pagkaing makakain, isang lugar na sarili nila, at isang normal na siklo ng buhay at kamatayan. Yaong mga gumagawa ng masama ay pinarurusahan, at yaong mga gumagawa ng mabuti ay pinagpapala at pinakikitaan ng kabaitan ng Diyos. Hindi ba ganyan ang nangyayari? Para sa mga taong may pananampalataya, kung magagawa nilang mahigpit na sundin ang kanilang relihiyosong mga tuntunin sa pamamagitan ng paulit-ulit na muling pagsilang, pagkatapos ng lahat niyaong pagkakaroong muli ng katawan, sa huli ay gagawin ng Diyos ang Kanyang pagpapahayag sa kanila. Gayundin, para sa inyo ngayon, isa ka man sa mga hinirang ng Diyos o sa mga tagasilbi, itutuwid din kayo ng Diyos at ipapasiya ang inyong kahihinatnan alinsunod sa mga regulasyon at atas administratibo na Kanyang naitakda. Sa mga uri ng mga taong ito, ang iba't ibang uri ng mga taong may pananampalataya—ibig sabihin, ang mga kabilang sa iba-ibang relihiyon—nabigyan na ba sila ng Diyos ng lugar na matitirhan? Nasaan ang mga Hudyo? Nanghimasok ba ang Diyos sa kanilang pananampalataya? Hindi naman. At paano naman ang mga Kristiyano? Hindi rin Siya nanghimasok sa kanila. Hinahayaan Niya silang sumunod sa sarili nilang mga pamamaraan, hindi Niya sila kinakausap o binibigyan ng anumang kaliwanagan at, bukod pa ryan, hindi Siya naghahayag ng anuman sa kanila. Kung sa palagay mo ay tama ito, maniwala ka sa ganitong paraan. Ang mga Katoliko ay naniniwala kay Maria, at sa pamamagitan niya ipinasa ang balita tungkol kay Jesus; gayon ang paraan ng kanilang paniniwala. Itinama ba ng Diyos ang kanilang pananampalataya kailanman? Binibigyan Niya sila ng kalayaan; hindi Niya sila pinapansin at binibigyan Niya sila ng isang lugar na titirhan. Tungkol naman sa mga Muslim at Budista, hindi ba ganoon din Siya? Nagtakda na rin Siya ng mga hangganan para sa kanila, at tinutulutan silang magkaroon ng sarili nilang tirahan, nang hindi nanghihimasok sa kani-kanilang mga paniniwala. Lahat ay maayos. At ano ang nakikita ninyo sa lahat ng ito? Na may taglay na awtoridad ang Diyos, ngunit hindi Niya ito inaabuso. Ipinaplano ng Diyos ang lahat ng bagay sa perpektong kaayusan at ginagawa iyon sa maayos na paraan, at dito nakikita ang Kanyang karunungan at walang-hanggang kapangyarihan.

Natalakay natin ngayon ang isang bago at espesyal na paksa, tungkol sa mga bagay ng espirituwal na mundo, na kumakatawan sa isang aspeto ng pangangasiwa at kapamahalaan ng Diyos sa dakong iyon. Bago ninyo naunawaan ang mga bagay na ito, maaaring nasabi ninyong: “Lahat ng bagay na may kinalaman dito ay isang hiwaga, at walang kinalaman sa ating pagpasok sa buhay; ang mga bagay na ito ay hiwalay sa kung paano talaga nabubuhay ang mga tao, at hindi namin kailangang maunawaan ang mga ito, ni ayaw naming marinig ang tungkol sa mga ito. Talagang walang koneksyon ang mga ito sa pagkilala sa Diyos.” Ngayon, palagay ba ninyo may problema sa gayong pag-iisip? Tama ba iyon? (Hindi.) Ang gayong pag-iisip ay hindi tama at may malulubhang problema. Iyan ay dahil kung nais mong maintindihan kung paano pinamumunuan ng Diyos ang lahat ng bagay, hindi mo maaaring basta maunawaan at unawain lamang yaong nakikita mo at kung ano ang naiintindihan ng iyong isipan; kailangan mo ring maunawaan ang ilan sa ibang mundo, na maaaring hindi mo nakikita ngunit hindi maihihiwalay sa mundong ito na iyong nakikita. Tungkol ito sa dakilang kapangyarihan ng Diyos, at tungkol ito sa paksang, “Ang Diyos ang pinagmumulan ng buhay para sa lahat ng bagay.” Impormasyon ito tungkol diyan. Kung wala ang impormasyong ito, magkakaroon ng mga kapintasan at pagkukulang sa kaalaman ng mga tao kung paanong ang Diyos ang pinagmumulan ng buhay para sa lahat ng bagay. Kaya, ang napag-usapan natin ngayon ay masasabing naibuod ang ating naunang mga paksa, at natapos din ang nilalaman ng “Ang Diyos ang pinagmumulan ng buhay para sa lahat ng bagay.” Sa pagkaunawa rito, nagagawa na ba ninyo ngayong makilala ang Diyos sa pamamagitan ng nilalamang ito? Ang mas mahalaga, ngayon ay naipasa Ko sa inyo ang isang napakahalagang impormasyon tungkol sa mga tagasilbi. Alam Ko na talagang nasisiyahan kayong makinig sa mga paksang katulad nito, at na nagmamalasakit talaga kayo tungkol sa mga bagay na ito. Sa gayon ay nasisiyahan ba kayo sa napag-usapan natin ngayon? (Oo.) Ang ilan sa iba pang mga bagay ay maaaring hindi nagbigay ng matinding impresyon sa inyo, ngunit ang nasabi Ko tungkol sa mga tagasilbi ay nakagawa ng partikular na matinding impresyon, sapagkat ang paksang ito ay umaantig sa kaluluwa ng bawat isa sa inyo.

Ang mga Kinakailangan ng Diyos sa Sangkatauhan

a. Ang Pagkakakilanlan at Katayuan ng Diyos Mismo

Natapos na tayo sa paksang “Ang Diyos ang pinagmumulan ng buhay para sa lahat ng bagay,” gayundin sa “Ang Diyos ang Natatanging Diyos Mismo.” Dahil nakatapos na tayo, kailangan nating ibuod ang mga ito. Anong klaseng buod ang kailangan nating gawin? Ito ay isang konklusyon tungkol sa Diyos Mismo. Dahil dito, kailangang magkaroon ito ng di-maiiwasang koneksyon sa bawat aspeto ng Diyos, gayundin sa kung paano naniniwala ang mga tao sa Diyos. Kaya nga, kailangan Ko munang itanong sa inyo: Ngayong narinig na ninyo ang mga sermon na ito, sino ang Diyos sa tingin ninyo? (Ang Lumikha.) Ang Diyos sa tingin ninyo ay ang Lumikha. May iba pa ba? Ang Diyos ang

Panginoon ng lahat ng bagay. Angkop ba ang mga salitang ito? (Oo.) Ang Diyos ang Siyang namumuno sa lahat ng bagay at nangangasiwa sa lahat ng bagay. Nilikha Niya ang lahat ng narito, pinangangasiwaan Niya ang lahat ng narito, pinamumunuan Niya ang lahat ng narito, at tinutustusan Niya ang lahat ng narito. Ito ang katayuan ng Diyos, at ang Kanyang pagkakakilanlan. Para sa lahat ng bagay at sa lahat ng narito, ang tunay na pagkakakilanlan ng Diyos ay ang Lumikha at ang Pinuno ng lahat ng nilikha. Iyan ang pagkakakilanlan na taglay ng Diyos, at Siya ay natatangi sa lahat ng bagay. Wala ni isa sa mga nilikha ng Diyos—sa sangkatauhan man o sa espirituwal na mundo—ang maaaring gumamit ng anumang kaparaanan o katwiran para magkunwaring Diyos o pumalit sa pagkakakilanlan at katayuan ng Diyos, sapagkat Siya lamang, sa lahat ng bagay, ang nagtataglay ng pagkakakilanlan, kapangyarihan, awtoridad, at kakayahang ito na mamuno sa lahat ng nilikha: ang ating natatanging Diyos Mismo. Siya ay nabubuhay at gumagalaw sa lahat ng bagay; maaari Siyang umangat sa pinakamataas na lugar, sa ibabaw ng lahat ng bagay. Maaaring magpakumbaba Siya Mismo sa pamamagitan ng pagiging tao, pagiging isa sa mga may laman at dugo, at makaharap sa mga tao at makibahagi sa kanilang kaligayahan at kalungkutan, samantalang kasabay nito, inuutusan Niya ang lahat ng narito, at pinagpapasiyahan ang kapalaran ng lahat ng narito at kung saang direksyon patungo ang lahat ng ito. Bukod pa ryan, ginagabayan Niya ang kapalaran ng buong sangkatauhan, at pinapatnubayan ang direksyon ng sangkatauhan. Ang isang Diyos na tulad nito ay dapat sambahin, sundin, at kilalanin ng lahat ng nilalang na may buhay. Sa gayon, saanmang grupo o uri ng sangkatauhan ka nabibilang, ang paniniwala sa Diyos, pagsunod sa Diyos, pagpipitagan sa Diyos, pagtanggap sa Kanyang panuntunan, at pagtanggap sa Kanyang mga plano para sa iyong kapalaran ang tanging pagpipilian—ang kinakailangang pagpili—para sa sinumang tao at para sa anumang nilalang na may buhay. Sa pagiging natatangi ng Diyos, nakikita ng mga tao na ang Kanyang awtoridad, Kanyang matuwid na disposisyon, Kanyang diwa, at mga kaparaanan kung paano Niya tinutustusan ang lahat ng bagay ay ganap na natatanging lahat; ang pagiging natatanging ito ang tumutukoy sa tunay na pagkakakilanlan ng Diyos Mismo, at ito ang tumutukoy sa Kanyang katayuan. Samakatuwid, sa lahat ng nilikha, kung nais pumalit ng anumang nilalang na may buhay sa espirituwal na mundo o sa sangkatauhan ang magnais sa lugar ng Diyos, imposibleng magtagumpay ito, tulad ng anumang pagtatangkang magkunwaring Diyos. Totoo ito. Ano ang mga kinakailangan ng sangkatauhan sa isang Lumikha at Pinunong tulad nito, na nagtataglay ng pagkakakilanlan, kapangyarihan, at katayuan ng Diyos Mismo? Dapat itong maging malinaw sa lahat, at dapat matandaan ng lahat; napakahalaga nito kapwa sa Diyos at sa tao!

b. Ang Iba-ibang Saloobin ng Sangkatauhan sa Diyos

Ang pagkilos ng mga tao tungo sa Diyos ang nagpapasiya sa kanilang kapalaran, gayundin ang pagkilos at pakikitungo ng Diyos sa kanila. Sa puntong ito, magbibigay

Ako ng ilang halimbawa kung paano kumikilos ang mga tao tungo sa Diyos. Pakinggan natin at tingnan kung tama o mali ang kanilang mga pag-uugali at saloobin na kanilang ikinikilos tungo sa Diyos. Isipin natin ang pag-uugali ng sumusunod na pitong uri ng mga tao:

1) Mayroong isang uri ng tao na talagang kakatwa ang saloobin sa Diyos. Iniisip ng mga taong ito na ang Diyos ay parang isang Bodhisattva o isang banal na nilalang na may tradisyonal na kaalaman ng tao, at kailangang yumukod ang mga tao nang tatlong beses tuwing magkikita sila at magsisindi ng insenso pagkatapos nilang kumain. Dahil dito, tuwing nakadarama sila ng malaking pasasalamat para sa Kanyang biyaya at ng utang na loob sa Kanya, madalas silang magkaroon ng ganitong simbuyo. Malaki ang pagnanais nila na makaya ng Diyos na pinaniniwalaan nila ngayon, gaya ng banal na nilalang na pinananabikan nila sa kanilang puso, na tanggapin ang paraan ng pagyukod nila nang tatlong beses kapag nagkikita sila at nagsisindi ng insenso tuwing pagkatapos kumain.

2) Ang tingin ng ilang tao sa Diyos ay isang buhay na Buddha na kayang palayain ang lahat ng nabubuhay mula sa pagdurusa at iligtas sila; ang tingin nila sa Kanya ay isang buhay na Buddha na kaya silang ilayo mula sa dagat-dagatan ng pagdurusa. Ang paniniwala ng mga taong ito sa Diyos ay nangangailangan ng pagsamba sa Kanya bilang isang Buddha. Bagama't hindi sila nagsisindi ng insenso, nagpapatirapa, o nagbibigay ng mga handog, sa kaibuturan ng kanilang puso, nadarama nila na ang Diyos ay katulad lamang ng isang Buddha na ang hinihiling lamang ay magpakabait sila at magkawanggawa, na huwag silang pumatay ng anumang bagay na may buhay, iwasan nilang murahin ang iba, mamuhay sila nang may katapatan, at huwag silang gumawa ng masama. Naniniwala sila na ang mga bagay na ito lamang ang Kanyang hinihiling sa kanila; ito ang Diyos na nasa kanilang puso.

3) Sinasamba ng ilang tao ang Diyos na para bang Siya ay isang taong dakila o bantog. Halimbawa, sa anumang kaparaanan gustuhing magsalita ng dakilang taong ito, sa anumang tono siya nagsasalita, ano mang mga salita at bokabularyo ang kanyang ginagamit, ang kanyang tono, mga kumpas ng kanyang kamay, kanyang mga opinyon at kilos, kanyang tinding—ginagaya nila ang lahat ng iyon, at ito ang mga bagay na kailangang lubos ibunga ng mga ito sa takbo ng kanilang paniniwala sa Diyos.

4) Ang tingin ng ilang tao sa Diyos ay isang hari, nadarama na Siya ay nangingibabaw sa lahat at na walang sinumang nangangahas na magkasala sa Kanya—at na kung gagawin iyon ng sinuman, parurusahan ang taong iyon. Sinasamba nila ang gayong hari dahil ang mga hari ay may puwang sa kanilang puso. Ang kanilang isipan, ugali, awtoridad, at likas na pagkatao—maging ang kanilang mga interes at personal na buhay—lahat ay nagiging isang bagay na pakiramdam ng mga taong ito ay kailangan nilang maunawaan; nagiging mga isyu at bagay ang mga ito na ipinag-aalala nila. Dahil dito, sinasamba nila ang Diyos bilang isang hari. Katawa-tawa ang gayong anyo ng paniniwala.

5) Ang ilang tao ay may partikular na pananampalataya sa pag-iral ng Diyos, at ang pananampalatayang ito ay malalim at hindi natitinag. Gayunman, dahil napakababaw ng kaalaman nila tungkol sa Diyos, at wala silang gaanong karanasan sa Kanyang mga salita, sinasamba nila Siya bilang isang idolo. Ang idolong ito ay ang Diyos na nasa kanilang puso; ito ay isang bagay na pakiramdam nila ay kailangan nilang at yukuran, at na kailangan nilang sundin at tularan. Ang tingin nila sa Diyos ay isang idolo na kailangan nilang sundin sa buong buhay nila. Ginagaya nila ang tono ng pagsasalita ng Diyos at, sa tingin, ginagaya nila yaong gusto ng Diyos. Madalas silang gumawa ng mga bagay na mukhang walang muwang, dalisay, at matapat, at sinusunod pa nila ang idolong ito na para bang isa itong kasosyo o kasamahan na hindi nila maaaring hiwalayan kailanman. Ganyan ang anyo ng kanilang paniniwala.

6) May isang uri ng mga tao na, kahit marami nang salita ng Diyos ang kanilang nabasa at maraming pangaral na ang kanilang narinig, nadarama nila sa kaibuturan ng kanilang puso na ang tanging prinsipyo sa likod ng kanilang pag-uugali sa Diyos ay na dapat nila palaging manuyo at magpaalipin, o na dapat nilang purihin ang Diyos at parangalan Siya sa isang paraang hindi makatotohanan. Naniniwala sila na ang Diyos ay isang Diyos na humihiling sa kanila na kumilos sa gayong paraan. Bukod pa ryan, naniniwala sila na kung hindi nila iyon gagawin, anumang oras ay maaaring mapukaw nila ang Kanyang galit o magkasala sila laban sa Kanya, at na dahil nagkasala sila, parurusahan sila ng Diyos. Ganyan ang Diyos na nasa kanilang puso.

7) At nariyan pa ang karamihan sa mga tao, na nakasusumpong ng espirituwal na pagkain sa Diyos. Ito ay dahil nabubuhay sila sa mundong ito, wala silang kapayapaan o kaligayahan, at hindi sila makasumpong ng kapanatagan saanman. Kapag natagpuan na nila ang Diyos, matapos nilang makita at marinig ang Kanyang mga salita, nagsisimula silang lihim na magalak at matuwa sa kanilang puso. Ito ay dahil naniniwala sila na sa wakas ay nakasumpong din sila ng isang lugar na magpapasaya sa kanilang espiritu, at na sa wakas ay nakahanap na sila ng isang Diyos na magbibigay sa kanila ng espirituwal na pagkain. Kapag natanggap na nila ang Diyos at nagsimula silang sumunod sa Kanya, nagiging masaya sila, at nagkakaroon ng kasiyahan ang kanilang buhay. Hindi na sila kumikilos na tulad ng mga hindi mananampalataya, na naglalakad nang tulog sa buhay gaya ng mga hayop, at nadarama nila na mayroon silang maaasahan sa buhay. Sa gayon, iniisip nila na ang Diyos na ito ay lubos na mabibigyang-kasiyahan ang kanilang espirituwal na mga pangangailangan at maghahatid sa kanila ng malaking kaligayahan kapwa sa isipan at espiritu. Hindi nila natatanto, hindi nila nagagawang talikuran ang Diyos na ito na nagbibigay sa kanila ng espirituwal na pagkain, at na naghahatid ng kaligayahan sa kanilang espiritu at sa lahat ng miyembro ng kanilang pamilya. Naniniwala sila na ang paniniwala sa Diyos ay walang ibang kailangang ibigay sa kanila kundi espirituwal na pagkain.

Mayroon bang sinuman sa inyo na nagtataglay ng iba-ibang nabanggit na mga saloobin sa Diyos? (Oo.) Kung, sa kanilang paniniwala sa Diyos, nakatanim ang gayong

mga saloobin sa puso ng isang tao, nagagawa ba nilang tunay na humarap sa Diyos? Kung mayroon ang isang tao ng alinman sa mga saloobing ito sa kanilang puso, naniniwala ba sila sa Diyos? Naniniwala ba ang gayong tao sa natatanging Diyos Mismo? (Hindi.) Yamang hindi ka naniniwala sa natatanging Diyos Mismo, sino ang pinaniniwalaan mo? Kung ang pinaniniwalaan mo ay hindi ang natatanging Diyos Mismo, posibleng naniniwala ka sa isang idolo, o isang dakilang tao, o isang Bodhisattva, o sumasamba ka sa Buddha na nasa puso mo. Bukod pa ryan, posibleng naniniwala ka sa isang ordinaryong tao. Sa madaling salita, dahil sa iba-ibang anyo ng paniniwala at saloobin ng mga tao sa Diyos, inilalagay nila sa kanilang puso ang Diyos ng sarili nilang pagkaunawa, iginigiit ang kanilang imahinasyon sa Diyos, itinatabi nila sa natatanging Diyos Mismo ang kanilang mga saloobin at imahinasyon tungkol sa Diyos, at, pagkatapos, itinataas ang mga ito upang ialay sa Diyos. Ano ang ibig sabihin kapag may gayong di-angkop na mga saloobin ang mga tao sa Diyos? Ibig sabihin, itinakwil na nila ang tunay na Diyos Mismo at sinasamba ang isang huwad na diyos; ipinahihiwatig nito na samantalang naniniwala sa Diyos, itinatakwil at nilalabanan nila Siya, at na ikinakaila nila ang pag-iral ng tunay na Diyos. Kung palaging nanghahawakan ang mga tao sa gayong mga anyo ng paniniwala, anong mga kahihinatnan ang kakaharapin nila? Sa gayong mga anyo ng paniniwala, mas mapapalapit ba sila kailanman sa pagtupad sa mga kinakailangan ng Diyos? (Hindi, hindi nila magagawa.) Sa kabilang dako, dahil sa kanilang mga kuru-kuro at imahinasyon, lalo pang mapapalayo ang mga tao mula sa daan ng Diyos, sapagkat ang direksyong hinahangad nila ay salungat sa direksyong pinatatahak sa kanila ng Diyos. Narinig na ba ninyo ang kuwentong “patungong timog sa pagmamaniobra sa karuwahe patungong hilaga”? Maaaring kapareho ito ng patungong timog sa pagmamaniobra sa karuwahe patungong hilaga. Kung naniniwala ang mga tao sa Diyos sa kakatwang paraang iyon, habang lalo kang nagsusumikap, lalo kang mapapalayo sa Diyos. Sa gayon, ipinapayo ko ito sa inyo: Bago kayo magsimula, kailangan mo munang mahiwatigan kung tama ang direksyong tinatahak mo. Magtuon sa inyong mga pagsisikap, at tiyaking itanong sa inyong sarili “Ang Diyos ba na aking pinaniniwalaan ang Pinuno ng lahat ng bagay? Ang Diyos ba na aking pinaniniwalaan ay isang tao lamang na nagbibigay sa akin ng espirituwal na pagkain? Siya ba ay idolo ko lamang? Ano ang hinihiling sa akin ng Diyos na ito na aking pinaniniwalaan? Sang-ayon ba ang Diyos sa lahat ng aking ginagawa? Nakaayon ba ang lahat ng aking kilos at hangarin sa pagsisikap na makilala ang Diyos? Naaayon ba ang mga ito sa Kanyang mga ipinagagawa sa akin? Kinikilala at sinasang-ayunan ba ng Diyos ang landas na aking tinatahak? Nalulugod ba Siya sa aking pananampalataya?” Dapat mong madalas at paulit-ulit na itanong sa iyong sarili ang mga ito. Kung nais mong maghangad ng kaalaman tungkol sa Diyos, kailangan kang magkaroon ng malinaw na kamalayan at malinaw na mga layunin bago ka magtagumpay sa pagpapalugod sa Kanya.

Posible ba na, dahil sa Kanyang pagpaparaya, maaaring pagalit na tanggapin ng Diyos ang masasagwang saloobing ito na kababanggit ko? Maaari bang parangalan ng

Diyos ang mga saloobin ng mga taong ito? (Hindi.) Ano ang mga kinakailangan ng Diyos sa mga tao at sa mga sumusunod sa Kanya? Anong uri ng saloobin ang hinihingi Niyang taglayin ng mga tao? May malinaw ba kayong ideya tungkol sa mga ito? Sa puntong ito, marami na Akong nasabi; marami na Akong nasabi sa paksa tungkol sa Diyos Mismo, gayundin tungkol sa Kanyang mga gawa at kung ano ang mayroon at kung ano Siya. Alam na ba ninyo ngayon kung ano ang nais matamo ng Diyos mula sa mga tao? Alam mo ba kung ano ang nais Niya mula sa iyo? Magsalita kayo. Kung kulang o lubhang mababaw pa rin ang inyong kaalaman mula sa mga karanasan at pagsasagawa, mayroon kayong masasabi tungkol sa inyong kaalaman tungkol sa mga salitang ito. Mayroon ba kayong buod na kaalaman? Ano ang hinihingi ng Diyos sa tao? (Sa ilang pagniniig na ito, tiniyak ng Diyos na hilingin na kilalanin natin Siya, alamin ang Kanyang mga gawa, alamin na Siya ang pinagmumulan ng buhay para sa lahat ng bagay, at maging pamilyar tayo sa Kanyang katayuan at pagkakakilanlan.) At, kapag hinihingi ng Diyos na kilalanin Siya ng mga tao, ano ang huling kahihinatnan nito? (Nauunawaan nila na ang Diyos ang Lumikha, at na ang mga tao ay mga nilalang.) Kapag nagtamo ang mga tao ng gayong kaalaman, ano ang mga pagbabagong nangyayari sa kanilang saloobin sa Diyos, sa kanilang pagganap sa tungkulin, o sa kanilang disposisyon sa buhay? Naisip na ba ninyo ito? Maaari bang sabihin na, pagkatapos makilala ang Diyos at maunawaan Siya, nagiging mabubuting tao sila? (Hindi kasama sa paniniwala sa Diyos ang paghahangad na maging mabuting tao. Sa halip, ito ang paghahangad na maging nilikha ng Diyos na umaabot sa pamantayan, at maging isang tapat na tao.) Mayroon pa bang iba? (Matapos ang tunay at tamang pagkilala sa Diyos, nagagawa namin Siyang tratuhin bilang Diyos; alam namin na ang Diyos ay palaging Diyos, na kami ay mga nilalang, na dapat naming sambahin ang Diyos, at na dapat kaming manatili sa aming tamang lugar.) Napakagaling! Pakinggan natin ang iba pa. (Kilala namin ang Diyos, at sa huli ay nagagawa naming maging mga tao na tunay na nagpapasakop sa Diyos, nagpipitagan sa Diyos, at lumalayo sa kasamaan.) Tama iyan!

c. Ang Saloobing Hinihingi ng Diyos na Taglayin ng Sangkatauhan sa Kanya

Ang totoo, hindi gaanong mapaghanap ang Diyos sa sangkatauhan—o, kahit paano, hindi Siya mapaghanap na tulad ng iniisip ng mga tao. Kung walang nabigkas ang Diyos na anumang mga salita, at kung hindi pa Siya nagpahayag ng Kanyang disposisyon o anumang mga gawa, magiging napakahirap para sa inyo ang makilala ang Diyos, sapagkat kakailanganin ng mga tao na mahiwatigan ang Kanyang layon at kalooban; napakahirap gawin nito. Gayunman, sa huling yugto ng Kanyang gawain, marami nang sinambit na mga salita ang Diyos, napakarami nang gawaing nagawa, at marami nang kinakailangan sa tao. Sa Kanyang mga salita, at sa napakarami Niyang gawain, naipaalam Niya sa mga tao kung ano ang gusto Niya, kung ano ang kinasusuklaman Niya, at kung anong klaseng mga tao sila dapat maging. Matapos maunawaan ang mga bagay na ito,

dapat magkaroon ang mga tao ng tumpak na pakahulugan sa kanilang puso tungkol sa mga ipinagagawa ng Diyos, sapagkat hindi malabo ang kanilang paniniwala sa Diyos at hindi na sila naniniwala sa isang malabong Diyos, ni wala silang pananampalataya sa Diyos sa gitna ng kalabuan o kawalan. Sa halip, naririnig nila ang Kanyang mga pagbigkas, nauunawaan ang mga pamantayan ng Kanyang mga kinakailangan, at natatamo ang mga ito, at ginagamit ng Diyos ang pananalita ng sangkatauhan upang sabihin sa kanila ang lahat ng dapat nilang malaman at maunawaan. Ngayon, kung hindi pa rin alam ng mga tao kung ano ang Diyos at kung ano ang Kanyang mga kinakailangan sa kanila; kung hindi nila alam kung bakit dapat maniwala ang isang tao sa Diyos, ni kung paano maniwala sa Kanya o paano Siya tratuhin—may problema rito. Ngayon lamang, nagsalita ang bawat isa sa inyo tungkol sa isang partikular na aspeto; may kamalayan kayo tungkol sa ilang bagay, partikular man ang mga bagay na ito o pangkalahatan. Gayunman, nais Kong sabihin sa inyo ang tama, kumpleto, at partikular na mga kinakailangan ng Diyos sa sangkatauhan. Ilang salita lamang ang mga ito, at napakasimple; maaaring alam na ninyo ang mga ito. Ang tamang mga kinakailangan ng Diyos sa sangkatauhan at sa mga sumusunod sa Diyos ay ang mga sumusunod. Nangangailangan ang Diyos ng limang bagay sa mga sumusunod sa Kanya: tunay na pananampalataya, tapat na pagsunod, lubos na pagpapasakop, tunay na kaalaman, at taos-pusong pagpipitagan.

Sa limang bagay na ito, kinakailangan ng Diyos na huwag nang magduda ang mga tao sa Kanya o sumunod sa Kanya gamit ang kanilang mga imahinasyon o malabo at mahirap unawaing mga pananaw; kailangan hindi nila dapat sundin ang Diyos batay sa anumang mga imahinasyon o kuru-kuro. Kinakailangan Niya na bawat isa sa mga sumusunod sa Kanya ay gawin iyon nang may katapatan, nang hindi nag-aalinlangan o umiiwas. Kapag may anumang mga kinakailangan ang Diyos sa iyo, sinusubok ka, hinahatulan ka, pinakikitunguhan at tinatabas ka, o dinidisciplina at sinasaktan ka, dapat kang lubos na magpasakop sa Kanya. Hindi mo dapat itanong ang dahilan o hindi ka dapat gumawa ng mga kundisyon, lalong hindi mo dapat banggitin ang mga dahilan. Kailangang maging lubos ang iyong pagsunod. Ang kaalaman tungkol sa Diyos ang bahaging kulang na kulang sa mga tao. Madalas nilang igiit ang mga kasabihan, pagbigkas, at mga salita ng Diyos na walang kaugnayan sa Kanya, na naniniwala na ang gayong mga salita ang pinakatumpak na pakahulugan ng kaalaman tungkol sa Diyos. Hindi nila alam na ang mga kasabihang ito, na nagmumula sa mga imahinasyon ng tao, sa kanilang sariling pangangatwiran, at sa sarili nilang kaalaman, ay wala ni katiting na kaugnayan sa diwa ng Diyos. Sa gayon, nais Kong sabihin sa inyo na, pagdating sa kaalaman na hangad ng Diyos na taglayin ng mga tao, hindi lamang Niya hinihingi na makilala mo Siya at ang Kanyang mga salita, kundi na tama ang iyong kaalaman tungkol sa Kanya. Kahit isang pangungusap lamang ang masabi mo, o kakaunti lamang ang nababatid mo, ang kaunting kabatirang ito ay tama at totoo, at nakaayon sa diwa ng Diyos Mismo. Ito ay dahil kinasusuklaman

ng Diyos ang anumang papuri o parangal sa Kanya na hindi makatotohanan o hindi pinag-isipan. Higit pa ryan, nagagalit Siya kapag tinatrato Siya ng mga tao na parang hangin. Nagagalit Siya kapag, sa oras ng pagtalakay sa mga paksa tungkol sa Diyos, nagsasalita ang mga tao nang walang paggalang sa mga katotohanan, nagsasalita kung kailan nila gusto at nang walang pag-aatubili, nagsasalita kung paano nila nakikitang akma; bukod pa ryan, nagagalit Siya sa mga naniniwala na kilala nila ang Diyos at ipinagyayabang ang kanilang kaalaman tungkol sa Kanya, tinatalakay ang mga paksang nauugnay sa Kanya nang walang pagtitimpi ni pangangimi. Ang huli sa nabanggit na limang kinakailangang iyon ay taos-pusong pagpipitagan: Ito ang huling kinakailangan ng Diyos sa lahat ng sumusunod sa Kanya. Kapag taglay ng isang tao ang tama at tunay na kaalaman tungkol sa Diyos, nagagawa nilang tunay na magpitagan sa Diyos at lumayo sa kasamaan. Ang pagpipitagang ito ay nagmumula sa kaibuturan ng kanilang puso; ang pagpipitagang ito ay kusang ibinibigay, at hindi dahil sa pinilit sila ng Diyos. Hindi hinihingi ng Diyos na maghandog ka ng anumang mabuting saloobin, kilos, o panlabas na pag-uugali sa Kanya; sa halip, hinihingi Niya na magpitagan ka sa Kanya at magkaroon ng takot sa Kanya mula sa kaibuturan ng iyong puso. Ang gayong pagpipitagan ay natatamo dahil sa mga pagbabago sa iyong disposisyon sa buhay, sa pagtatamo ng kaalaman tungkol sa Diyos at pagkaunawa sa mga gawa ng Diyos, sa pag-unawa sa diwa ng Diyos, at sa pagkilala mo sa katotohanan na isa ka sa mga nilalang ng Diyos. Samakatuwid, ang Aking layunin sa paggamit ng salitang “taos-puso” upang ipakahulugan dito ang pagpipitagan ay para maunawaan ng mga tao na ang kanilang pagpipitagan sa Diyos ay dapat magmula sa kaibuturan ng kanilang puso.

Ngayon ay isaalang-alang ang limang kinakailangang iyon: Mayroon bang sinuman sa inyo na may kakayahang makamit ang unang tatlo? Dito, tinutukoy Ko ang tunay na paniniwala, tapat na pagsunod, at lubos na pagpapasakop. Mayroon bang sinuman sa inyo na may kakayahang gawin ang mga bagay na ito? Alam Ko na kung sinabi Kong lahat ng lima, walang kaduda-duda na walang isa man sa inyo ang mayroon, ngunit ibinaba Ko na ang bilang sa tatlo. Pag-isipan ninyo kung nakamtan na ninyo ang mga bagay na ito o hindi. Madali bang magtamo ng “tunay na pananampalataya?” (Hindi.) Hindi ito madali, para sa mga taong madalas magduda sa Diyos. At paano naman ang “tapat na pagsunod”? Ano ang tinutukoy ng “tapat”? (Hindi pag-aalinlangan, kundi sa halip ay buong puso.) Napuruhan ninyo! Kaya, kaya ba ninyong makamtan ang kinakailangang ito? Kailangan ninyong magsikap pang mabuti, hindi ba? Sa ngayon, kailangan pa ninyong magtagumpay sa kinakailangang ito! Ano naman ang “ganap na pagpapasakop”—nakamtan na ba ninyo iyon? (Hindi.) Hindi pa rin ninyo nakakamtan iyon. Madalas kayong masuwayin at suwail; madalas kayong hindi nakikinig, ayaw ninyong sumunod, o ayaw ninyong makarinig. Ito ang tatlo sa pinakamahahalagang kinakailangang tugunan ng mga tao para makapasok sa buhay, ngunit kailangan pa ninyong makamtan ang mga ito. Sa gayon, sa ngayon,

mayroon ba kayong malaking potensyal? Ngayon, nang marinig ninyo Akong sabihin ang mga salitang ito, nag-aalala ba kayo? (Oo.) Tama lamang na dapat kayong mag-alala. Huwag ninyong subukang iwasan na mag-alala. Nag-aalala Ako para sa inyo. Hindi Ko na babanggitin ang dalawa pang kinakailangan; walang duda, walang sinuman dito ang may kakayahang makamtan ang mga ito. Nag-aalala kayo. Kaya, napagpasiyahan na ba ninyo ang inyong mga layunin? Anong mga layunin, at sa anong direksyon, ang dapat ninyong hangarin at paglaanan ng inyong mga pagsisikap? Mayroon ba kayong layunin? Hayaan ninyo Akong magsalita nang malinaw: Kapag nakamit na ninyo ang limang kinakailangang ito, mapapalugod ninyo ang Diyos. Bawat isa sa mga ito ay isang tagapagpahiwatig, at isa ring huling layunin, na panahon na para pumasok ang isang tao sa buhay. Kahit isa lamang sa mga kinakailangang ito ang pinili Kong banggitin nang detalyado, at inuutusan Ko kayong tugunan ito, hindi ito magiging madaling makamit; kailangan ninyong magtiis ng partikular na antas ng paghihirap at maglaan ng partikular na pagsisikap. Anong uri ng mentalidad ang dapat ninyong taglayin? Dapat ay katulad ito ng sa isang pasyenteng may kanser na naghihintay na maoperahan. Bakit Ko sinasabi ito? Kung nais mong maniwala sa Diyos, at kung nais mong matamo ang Diyos at ang Kanyang kasiyahan, maliban kung magtiis ka ng partikular na antas ng sakit at maglaan ng partikular na pagsisikap, hindi mo makakamtan ang mga bagay na ito. Marami na kayong narinig na pangaral, ngunit ang marinig lamang ito ay hindi nangangahulugan na inyo ang sermon na ito; kailangan mong namnamin ito at gawin itong isang bagay na pag-aari mo. Kailangan mong ilangkap ito sa iyong buhay at isama ito sa iyong pag-iral, na tinutulutan ang mga salita at pangaral na ito na gabayan ang paraan ng iyong pamumuhay at maghatid ng kabuluhan at kahulugan sa iyong buhay. Kapag nangyari iyon, magiging sulit ang pakikinig mo sa mga salitang ito. Kung ang mga salitang Aking sinasambit ay hindi naghahatid ng anumang pagbabago sa iyong buhay o nagdaragdag ng anumang halaga sa iyong pag-iral, walang dahilan para pakinggan mo ang mga ito. Nauunawaan ninyo ito, hindi ba? Dahil naunawaan ninyo ito, nakasalalay na sa inyo ang susunod na mangyayari. Kailangan ninyong kumilos! Kailangan kayong magsumigasig sa lahat ng bagay! Huwag magpatumpik-tumpik; lumilipas ang oras! Karamihan sa inyo ay naniwala na sa Diyos sa loob ng mahigit sampung taon. Lingunin ang sampung taong ito: Gaano karami na ang inyong natamo? At ilang dekada pa ang natitira sa inyo sa buhay na ito? Hindi na mahaba. Kalimutan kung naghihintay man sa iyo ang gawain ng Diyos, kung nag-iwan Siya ng pagkakataon sa iyo, o kung gagawin Niyang muli ang kaparehong gawain—huwag banggitin ang mga bagay na ito. Maibabalik mo ba ang takbo ng nakaraang sampung taon ng iyong buhay? Sa bawat araw na lumilipas, at sa bawat hakbang na ginagawa mo, isang araw ang nababawas sa iyo. Hindi naghihintay ang oras kaninuman! Mayroon ka lamang matatamo mula sa iyong pananampalataya sa Diyos kung ituturing mo itong pinakadakilang bagay sa iyong buhay, mas mahalaga pa kaysa pagkain, damit, o

anupaman. Kung naniniwala ka lamang kapag may panahon ka, at hindi mo kayang ilaan ang buong pansin mo sa iyong pananampalataya, at kung palagi kang nakalublob sa kalituhan, wala kang mapapala. Nauunawaan ninyo ito, hindi ba? Magtatapos tayo dito para ngayon! Magkita-kita tayong muli sa susunod!

Pebrero 15, 2014



QR Code ng Website
ng Ebanghelyo



Ang Iglesia ng
Makapangyarihang Diyos App

Website ng Ebanghelyo
<https://tl.kingdomsalvation.org>

YouTube: <https://l.kingdomsalvation.org/tl/video>

E-mail: contact.tl@kingdomsalvation.org
